Ang Maluwalhating Quran

FILIPINO

Ang Maluwalhating Quran

Isinalin sa Pilipino
ni
Abdullatif Eduardo M. Arceo

GOODWORD

First published by Goodword Books 2018

Goodword Books
A-21, Sector 4, Noida-201301, India
Tel. +91120-4314871
Mob. +91-8588822672
email: info@goodwordbooks.com
www.goodwordbooks.com

Center for Peace and Spirituality USA
2665 Byberry Road, Bensalem, PA 19020
Cell: (617) 960-7156
email: kkaleemuddin@gmail.com

Center for Peace and Spirituality
1, Nizamuddin West Market, New Delhi-110 013
email: info@cpsglobal.org
www.cpsglobal.org

Printed in India

CONTENTS

Surah 1 • Al-Fatiha (Ang Panimula) 21
Surah 2 • Al-Baqarah (Ang Baka) 21
Surah 3 • Al-Imran (Ang Pamilya ni Imran) 87
Surah 4 • An-Nissa (Ang Kababaihan) 127
Surah 5 • Al Ma'idah (Ang Mantel Na May Pagkain) 167
Surah 6 • Al-An'am (Ang Hayupan o Bakahan) 199
Surah 7 • Al-Araf (Ang Ituktok o Ang Dingding na Nakataas) 234
Surah 8 • Surat Al-Anfal (Ang Mga Napanalunan sa Digmaan) 272
Surah 9 • At-Taubah (Ang Pagtitika sa Kasalanan) 286
Surah 10 • Yunus (Propeta Jonas) 317
Surah 11 • Hud (Propeta Hud) 338
Surah 12 • Yusuf (Propeta Hosep) 359
Surah 13 • Ar-Raad (Ang Kidlat) 378
Surah 14 • Ibrahim (Abraham) 388
Surah 15 • Al-Hijr (Ang Mabatong Daan) 398
Surah 16 • An-Nahl (Ang Bubuyog) 407
Surah 17 • Al-Isra (Ang Gabing Paglalakbay) 432
Surah 18 • Al-Kahf (Ang Yungib) 452
Surah 19 • Maryam (Maria) 471
Surah 20 • Ta Ha (Ang Titik Ta at Ha) 484
Surah 21 • Al-Anbiyaa (Ang Mga Propeta) 501
Surah 22 • Al-Hajj (Ang Pilgrimahe) 515
Surah 23 • Al-Mu'minun (Ang Mga Sumasampalataya) 530
Surah 24 • An-Nur (Ang Liwanag) 543
Surah 25 • Al-Furqan (Ang Sukatan o Pamantayan) 558
Surah 26 • Ash-Shu'ara (Ang Mga Makata) 570
Surah 27 • An-Naml (Ang Mga Langgam) 586
Surah 28 • Al-Qasas (Ang Salaysay) 600
Surah 29 • Al-Ankabut (Ang Gagamba) 617

Surah 30 • Ar-Rum (Ang Mga Romano) 630
Surah 31 • Luqman (Luqman) 641
Surah 32 • As-Sajda (Ang Pangangayupapa o Pagpapatirapa) 648
Surah 33 • Al-Ahzab (Ang Magkakaanib o Pederasyon) 653
Surah 34 • Saba (Sheba) 668
Surah 35 • Fatir o Malaika (Ang Nagsimula ng Paglikha o Ang Mga Anghel) 679
Surah 36 • Ya Seen (Mga Titik Ya at Sa) 688
Surah 37 • As-Saffat (Ang Nahahanay sa Antas) 697
Surah 38 • Sad (Ang Titik Sa) 710
Surah 39 • Az-Zumar (Ang Mga Pangkat) 720
Surah 40 • Ghafir (Ang Mga Sumasampalataya) 734
Surah 41 • Fussilat (Mga Titik Ha at Ma) 748
Surah 42 • Surat As-Shura (Ang Pagsasanggunian) 757
Surah 43 • Az-Zukhruf (Mga Palamuting Ginto) 768
Surah 44 • Ad-Dukhan (Ang Usok) 779
Surah 45 • Al-Jathiya (Ang Pagluhod) 784
Surah 46 • Al-Ahqaf (Ang Liku-likong Landas) 790
Surah 47 • Muhammad (Propeta Muhammad) 798
Surah 48 • Al-Fath (Ang Tagumpay) 805
Surah 49 • Al-Hujurat (Ang Mga Nagigitnang Silid) 812
Surah 50 • Al-Qaf (Ang Titik Q) 817
Surah 51 • Az-Zariyat (Ang mga Hangin na Nagsisipangalat) 822
Surah 52 • At-Tur (Ang Bundok) 827
Surah 53 • An-Najim (Ang Bituin) 832
Surah 54 • Al-Qamar (Ang Buwan) 836
Surah 55 • Ar-Rahman (Ang Pinakamahabagin) 842
Surah 56 • Al-Waqi'a (Ang Pangyayari) 847
Surah 57 • Al-Hadid (Ang Bakal) 853
Surah 58 • Al-Mujadalah (Ang Babae na Nagsusumamo) 860
Surah 59 • Al-Hashr (Ang Pagtitipon) 866

Surah 60 • Al-Muntahinah (Ang Babae na Susuriin) 871
Surah 61 • As-Saff (Ang Mga Moog ng Digmaan) 876
Surah 62 • Al-Jumu'ah (Biyernes) 879
Surah 63 • Al-Munafiqun (Ang Mga Mapagkunwari) 881
Surah 64 • At-Taghabun (Ang Pagkalugi at Pakinabang sa Isa't Isa) 884
Surah 65 • At-Talaq (Ang Diborsyo o Paghihiwalay) 887
Surah 66 • At-Tahrim (Ang Pagbabawal) 891
Surah 67 • Al-Mulk (Ang Paghahari sa Kapamahalaan) 894
Surah 68 • Al-Qalam (Ang Panulat) 898
Surah 69 • Surat Al-Haqqah (Ang Tiyak na Kaganapan) 903
Surah 70 • Al-Ma'arij (Ang Mga Daan Ng Pag-akyat) 906
Surah 71 • Nuh (Propeta Noe) 910
Surah 72 • Al-Jinn** (Ang Jinn**) 913
Surah 73 • Al-Muzzammil (Siya na Nababalutan ng Kasuutan) 917
Surah 74 • Surat Al-Muddaththir (Siya Na Nababalutan) 920
Surah 75 • Al-Qiyamah (Ang Muling Pagkabuhay) 924
Surah 76 • Al-Insan (Ang Panahon o Tao) 927
Surah 77 • Al-Mursalat (Silang Mga Isinugo) 930
Surah 78 • An-Naba (Ang Malaking Balita) 933
Surah 79 • Surat An-Nazi'at (Ang Mga Bumabatak) 936
Surah 80 • 'Abasa (Ang Kumunot) 939
Surah 81 • At-Takwir (Ang Pagtiklop) 942
Surah 82 • Al-Infitar (Ang Pagkabiyak o Pagkalansag) 944
Surah 83 • Al-Mutaffifin (Ang Gumagawa Ng Pandaraya) 945
Surah 84 • Al-Inshiqaq (Ang Lansag-lansag na Pagkahati) 948
Surah 85 • Al-Buruj (Ang Malalaking Pangkat Ng Mga Bituin) 949
Surah 86 • Surat At-Tariq (Ang Panggabing Panauhin) 951
Surah 87 • Al-Ala (Ang Kataas-taasan) 953
Surah 88 • Al-Ghashiyah (Ang Kasindak-sindak Na Sandali) 954
Surah 89 • Al-Fajr (Ang Bukang Liwayway) 956

Surah 90 • Al-Balad (Ang Lungsod) 958
Surah 91 • Ash-Shams (Ang Araw) 959
Surah 92 • Al-Lail (Ang Gabi) 961
Surah 93 • Surat Ad-Duha (Bago Tumanghali) 962
Surah 94 • Ash-Sharh (Ang Pagpapalubag Ng Dibdib) 963
Surah 95 • At-Tin (Ang Igos) 964
Surah 96 • Al-Alaq (Ang Namuong Dugo) 964
Surah 97 • Surat Al-Qadr (Ang Gabi Ng Pag-uutos o Kapangyarihan) 965
Surah 98 • Al-Baiyinah (Ang Malinaw na Katibayan) 966
Surah 99 • Az-Zalzalah (Ang Lindol) 967
Surah 100 • Al-Adiyat (Silang Mga Tumatakbo) 968
Surah 101 • Al-Qariah (Ang Araw Ng Pagkaguliham) 969
Surah 102 • At-Takathur (Ang Pagtitipon Ng Mga Makamundong Bagay) 970
Surah 103 • Surat Al-Asr (Sa Paglipas Ng Panahon) 970
Surah 104 • Al-Humazah (Ang mga Makakating Dila) 971
Surah 105 • Al-Fil (Ang Elepante) 972
Surah 106 • Al-Quraish (Ang Quraish [Tagapagbantay Ng Ka'ba]) 972
Surah 107 • Al Ma'un (Ang Maliit Na Kabutihan) 973
Surah 108 • Al-Kawthar (Ang Kasaganaan) 973
Surah 109 • Al-Kafirun (Ang Mga Nagtatakwil Sa Pananampalataya) 974
Surah 110 • An-Nasr (Ang Pagkalinga) 974
Surah 111 • Surat Al Masad (Ang Himaymay Ng Palmera) 975
Surah 112 • Surat Al-Ikhlas (Ang Kadalisayan Ng Pananampalataya) 975
Surah 113 • Al-Falaq (Ang Bukang Liwayway) 976
Surah 114 • An-Naas (Ang Sangkatauhan) 976

PANIMULA

Ang Quran ay ang Aklat ng Allah (ang Diyos). Ito ay naipreserba ang kanyang kabuuan hanggang sa lahat ng oras na darating. Kahit na nakasulat sa orihinal na Arabic, ito ay madaling gamitin, salamat sa mga pagsasalin, sa mga taong walang kaalaman sa Arabic. Bagaman walang kapalit sa orihinal, ang mga salin ay naglilingkod sa layunin ng pagpapalaganap ng salita ng Allah (ang Diyos) nang higit pa sa mga mamamayang nagsasalita ng Arabe sa isang mas malawak na hanay ng sangkatauhan.

Ang Quran ay tila sa wikang Arabiko, ngunit sa katotohanan, ito ay nasa wika ng kalikasan, samakatuwid nga, ang wika kung saan direktang hinarap ng Allah (ang Diyos) ang lahat ng mga tao sa panahon ng Paglikha. Ang banal na panawagan sa sangkatauhan ay naroon sa kamalayan ng lahat ng mga tao, kaya ang Quran ay maliwanag sa lahat---sa ilan sa isang taong may malay, at sa iba pa sa antas ng walang malay. Ang katotohanang ito ay inilarawan sa Quran bilang 'malinaw na mga paghahayag sa mga puso ng mga binigyan ng kaalaman.' Ang talatang ito ay nagpapahayag na 'walang itinatatwa ang ating mga paghahayag maliban sa mga nagkasala' (29:49).

Nangangahulugan ito ng Banal na katotohanan, na ipinaliwanag ng Quran sa isang taong may malay at nagaganap sa taong hindi nakakabatid. Ang mensahe ng Quran ay hindi, samakatuwid, isang bagay na kakaiba sa tao. Ito ay sa katunayan isang pandiwang pagpapahayag ng

parehong Banal na katotohanan na naaayon sa kalikasan ng tao at kung saan siya ay pamilyar na.

Ipinaliliwanag ito ng Quran sa pamamagitan ng pagsasabi na ang mga ipinanganak sa mga huling panahon ay unang ipinanganak sa panahon ng paglikha ni Adan at, noong panahong iyon, direkta na tinutugunan ng Allah (ang Diyos) ang lahat ng mga kaluluwang ito. Ang ganitong kaganapan ay pinaniniwalaan sa Quran: '[Propeta], nang ilabas ng iyong Panginoon ang mga anak mula sa mga balakang ng mga Anak ni Adan at pinatotohanan sila tungkol sa kanilang sarili, sinabi Niya,' Hindi ba ako ang iyong Panginoon? 'At sumagot sila,' Oo, nagpapatotoo kami na Ikaw ay. 'Kaya hindi mo masabi sa Araw ng Pagkabuhay na Mag-uli,' Hindi namin alam ito '(7: 172).

Sa sumusunod na taludtod, ang Quran ay ginagawang higit na pagbanggit ng pag-uusap sa pagitan ng Diyos at ng tao:

'Tiyak na Inalok namin ang Aming tiwala sa langit at sa lupa, at sa mga burol, ngunit sila ay umurong mula sa pagdadala nito at natatakot dito. At sinunod ito ng lalaki. Ngunit napatunayan na siya ay isang malupit at mangmang '(33:72). Ang Quran, para sa tao, ay batid na sa kanya, sa halip na ganap na di kilalang nilalang. Sa katotohanan, ang Quran ay ang paglalahad ng nasa isip ng tao.

Kapag ang isang tao na sa kalikasan ay buhay at nailigtas ang kanyang sarili mula sa pagkakondisyon- nagbabasa ng Quran, ang mga selula ng kanyang utak ay nagiging aktibo kung saan ang unang pananalita ng Allah (ang Diyos)

ay namamalagi. Kung iniisip natin ito, hindi magiging mahirap na pahalagahan na ang pagsasalin ng Quran ay isang wastong paraan ng pag-unawa nito.

Kung ang mensahe ng Diyos ay ang Unang Tipan, ang Quran ay ang Ikalawang Tipan. Ang bawat isa ay nagpapatotoo sa katunayan ng iba. Kung ang isang tao ay may maliit, o kahit na hindi maunawaan ang wikang Arabiko, at maaaring basahin ang mga banal na kasulatan lamang sa pagsasalin, hindi siya dapat umasa na siya ay bigo sa kanyang pag-unawa sa Quran, para sa Quranikong konsepto ng tao bilang natural na tagapagtanggap ng Ang salita ng Allah (ang Diyos) ay naging isang katotohanan sa mga modernong panahon. Ang agham ng kodigong panggenetik at ang mga natuklasan ng antropolohiya ay lubos na sumusuporta sa pananaw na ito.

Ang Plano ng Paglikha ng Diyos

Ang bawat libro ay may mga layunin at ang layunin ng Quran ay upang maunawaan ng tao ang plano ng Paglikha ng Allah (ang Diyos). Iyon ay, upang sabihin sa tao kung bakit nilalang ng Allah (ang Diyos) ang mundong ito; kung ano ang layunin ng paninirahan ng tao sa lupa; kung ano ang kinakailangan mula sa tao sa kanyang buhay ng maikling panahon ng kamatayan, at kung ano ang kanyang haharapin pagkatapos ng kamatayan. Ang tao ay ipinanganak bilang isang walang hanggang nilalang. Nang nilikha ng Allah (ang Diyos) ang tao sa gayon, hinati niya ang kanyang buhay sa dalawang panahon, ang panahon bago ng kamatayan, na panahon ng pagsubok, at ang panahon matapos mamatay, na panahon

para sa pagtanggap ng mga gantimpala o kaparusahan na nakamit ng mga aksyon sa panahon ng buhay ng isang tao. Ang mga ito ay ang anyo ng walang hanggang paraiso o walang hanggang impiyerno. Ang layunin ng Quran ay upang malaman ng tao ang katotohanan na ito. Ito ang tema ng banal na Aklat na ito, na naglilingkod upang gabayan ang tao sa pamamagitan ng kanyang buong paglalakbay sa buhay at sa buhay pagkatapos ng kamatayan.

Masasabi natin na ang tao ay isang palahanap sa kapanganakan. Ang mga tanong na ito ay nakakatakot sa isip ng lahat: Sino ako? Ano ang layunin ng aking buhay? Ano ang katotohanan ng buhay at kamatayan? Ano ang sikreto ng tagumpay at pagkabigo ng tao? At iba pa Ayon sa Quran, ang sagot sa mga tanong na ito ay ang kasalukuyang mundo ay ang pagsubok na lupa at ang anumang tao ay pinagkalooban sa panahon ng kanyang bago ang kamatayan ay bahagi ng lahat ng pagsubok. Ang Kabilang Buhay ay ang lugar kung saan ang resulta ng pagsusulit ay gagawin ng Makapangyarihan at ang sinumang tao na natatanggap sa buhay pagkatapos ng kamatayan, sa pamamagitan ng gantimpala o kaparusahan, ay magkatulad sa kanyang mga gawa sa mundong ito. Ang sikreto ng tagumpay ng tao sa buhay na ito ay upang maunawaan ang plano ng paglikha ng Diyos at upang masiayos ang kanyang pamumuhay na naayon.

Isang Aklat ng Dakilang Paalaala

Ang Quran ay isang aklat ng banal na paalala. Ang isang kumbinasyon ng mga aralin at paalaala, ito ay mas naaangkop

na tinatawag na isang libro ng karunungan. Hindi sinusunod ng Quran ang huwarang tradisyonal na didaktikong aklat. Sa katunayan, kapag ang pangkaraniwang mambabasa ay nakakuha ng Quran, lumilitaw sa kanya na maging isang koleksyon ng mga pira-piraso na pahayag. Tila ang pakiramdam na ito ay hindi tunay. Ngunit ang kaayusan ng Koran ay hindi dahil sa anumang pagkukulang, kundi sa halip ay sumusunod sa Quranikong plano ng pagpapanatili ng orihinal na anyo upang matupad ang layunin nito na maihatid ang mensahe ng katotohanan sa mambabasa na maaaring, sa kanyang mga pangyayari sa mga banal na kasulatan, basahin lamang ang isang pahina, isang taludtod o isang linya sa isang pagkakataon.

Isang mahalagang aspeto ng Quran na ito ay isang paalala ng mga pagpapalang ipinagkaloob ng Kataas-taasang Tagapagbigay. Ang pinakamahalaga sa mga ito ay ang pambihirang katangian kung saan pinagkalooban ng Allah (ang Diyos) ang tao nang nilikha Niya siya. Ang isa pang mahusay na pagpapala ay nang pinatira siya sa lupa, isang planeta kung saan umiiral ang lahat ng uri ng mga sistema ng suporta para sa kanyang kapakinabangan. Ang layunin ng Quran ay upang tiyakin na, habang tinatangkilik ang mga pagpapalang ito ng kalikasan, ang tao ay panatilihin ang kanyang Tagapagbigay sa isip: dapat niyang kilalanin ang kagandahan ng kanyang Tagapaglikha. Sa paggawa nito ang taong iyon ay makakapasok sa walang hanggang paraiso; hindi pinapansin ang kanyang Tagapagbigay, sa kabilang banda, ay dadalhin ang tao diretso sa impiyerno. Ang Quran ay talagang isang paalala ng katotohanang hindi maiiwasan.

Ang Panloob na Diwa at Katuparan ng Allah (ang Diyos)

Ang isang mahalagang katangian ng Quran ay nagbibigay lamang sa atin ng mga pangunahing, mahahalagang prinsipyo, na madalas na nag-uudyok sa pag-ulit upang bigyang-diin ang mga ito. Sa kabaligtaran, ang mga di-pangunahing kaalaman, o mga bagay na may kaugnayan lamang sa anyo, ay bumubuo lamang ng isang hindi mabilang na bahagi ng mga banal na kasulatan. Ito ay kasuwato ng Quranikong pamamaraan, ang kahalagahan ng anyo ay ganap na pangalawa lamang. Sa Quran, tanging ang mga tuntuning iyon ay mahalaga na bilang pangunahing mga alituntunin. Ang aspeto ng Quran ay napakalinaw na ang mambabasa nito ay hindi maaaring pahalagahan ito.

Sa katotohanan ang panloob na espiritu ang pinakamahalaga sa pagtatayo ng personalidad ng Islam. Kapag nabuo ang panloob na espiritu, ang tamang anyo ay natural na maganap. Subalit ang anyo sa kanyang sarili ay hindi maaaring gumawa ng panloob na diwa. Iyon ay kung bakit ang layunin ng Quran ay upang simulan at dalhin sa katuparan ng isang intelektuwal ang ganap na pagbabago sa loob ng tao. Ang pagpapahayag na ginamit ng Quran para sa intelektuwal na may ganap na pagbabago ay ma'rifah (pagsasakatuparan ng katotohanan) (5:83).

Ang Koran ay nagpapahiwatig ng kahalagahan ng pagtuklas ng katotohanan ng tao sa antas ng pagsasakatuparan. Ang tunay na pananampalataya sa Diyos ay ang nakamit ng isang tao sa gayong antas. Kung walang pagkaunawa, walang pananampalataya.

Ang Salita ng Allah (ang Diyos)

Kapag binabasa mo ang Quran, lagi mong masusumpungan ito na nagsasabi na ito ay salita ng Diyos. Ito ay tila isang payak na katotohanan. Ngunit kapag nakita sa konteksto, ito ay isang pambihirang pahayag. Maraming mga libro sa mundo na pinaniniwalaan na sagrado. Ngunit, maliban sa Quran, wala kaming nakikitang anumang relihiyosong aklat na sa gayon ay nagpapakilos bilang salita ng Diyos. Ang ganitong uri ng pahayag, na lumalabas nang katangi-tangi sa Quran, ay nagbibigay ng punto ng pag-alis sa mambabasa. Pagkatapos ay tinuturuan niya ito bilang isang pambihirang aklat, sa halip na isang karaniwang aklat na isinulat ng mga tao. Nakita natin ang mga paulit-ulit sa mga pahayag ng Quran na nagsalita nang higit pa o mas kaunti tulad ng mga sumusunod, 'O tao, ang iyong Panginoon, na tumutugon sa iyo. Makinig sa Kanyang mga salita at sundin Siya. 'Kahit na ang istilo ng ganitong pananalita ay lubos na pambihira.

Ang ganitong uri ng tuwirang banal na panawagan ay wala sa anumang iba pang aklat. Nag-iiwan ito ng pangmatagalang impresyon sa tao. Nararamdaman niya na ang kanyang Panginoon ay tuwirang tinutugunan siya. Ang pakiramdam na ito ay pumipilit sa tao na kunin ang mga pahayag ng Quran na may matinding kabigatan, sa halip na ituring ang mga ito tulad ng araw-araw na pahayag sa isang ordinaryong aklat. Ang estilo ng pagtitipon ng Quran ay natatangi din. Ang mga aklat na isinulat ng mga tao ay karaniwang may mga materyal na inayos ayon sa pagkakasunud-sunod mula sa A hanggang Z, ayon sa paksa.

Ngunit ang Quran ay hindi sumusunod sa isang disensyo ng ganitong uri, upang ang karaniwang tao ay lumilitaw na kulang sa pagkakasunud-sunod. Gayunpaman, sa pagtingin sa katotohanan, ito ay lumilitaw bilang isang lubos na maliwanag at maayos na libro, at medyo marilag sa estilo ng pagsulat nito. Habang nagbabasa ng Quran, nararamdaman namin na ang manunulat nito ay nasa isang napakataas na pedestal mula sa kung saan Siya ay tumitingin at tinutugunan ang buong sangkatauhan, na kung saan ay ang Kanyang espesyal na pagpapaalala. Ang panawagan na ito ay nakatuon sa iba't ibang grupo ng mga tao, habang tinatalian ang lahat ng ito. Ang isang espesyal na aspeto ng Quran ay sa anumang sandali ang mambabasa nito ay maaaring kumonsulta sa Tapagsulat nito, ilagay ang kanyang mga tanong at tumanggap ng mga sagot, para sa Tagapagsulat ng Quran ay ang Allah (ang Diyos) mismo. Siya ay isang buhay na Diyos. Bilang Manlilikha ng Tao, tuwirang naririnig Niya at sinasagot ang tawag ng tao.

Ang Mapayapang pakikipagbakang Ideolohikal

Ang mga ipinakilala sa Quran lamang sa pamamagitan ng media, sa pangkalahatan ay may impresyon na ang Quran ay isang aklat ng jihad, at ang jihad sa kanila ay isang pagtatangka upang makamit ang layunin ng isang tao sa pamamagitan ng karahasan. Ngunit ang ideyang ito ay batay sa hindi pagkaunawa. Ang sinuman na bumabasa ng Quran para sa kanyang sarili ay madaling pahalagahan na ang mensahe nito ay walang kinalaman sa karahasan. Ang Quran ay, mula sa umpisa hanggang katapusan, isang aklat na nagpapahayag ng kapayapaan at walang anumang mukha

ng karahasan. Totoo na ang jihad ay isa sa mga aral ng Quran. Ngunit ang jihad, na kinuha sa wastong kahulugan nito, ang pangalan ng mapayapang pakikibaka sa halip na anumang uri ng marahas na pagkilos. Ang Quranikong konsepto ng jihad ay ipinahayag sa sumusunod na taludtod, 'Gumawa ng mas malaki na jihad (masigasig na nagsusumikap) sa tulong ng Koran na ito' (25:52). Maliwanag, ang Quran ay hindi isang sandata, ngunit isang libro na nagbibigay sa amin ng isang pagpapakilala sa banal na ideolohiya ng mapayapang pakikibaka. Ang pamamaraan ng ganitong pakikibaka, alinsunod sa Quran, ay 'magsalita sa kanila ng isang salita upang maabot ang kanilang kaluluwa' (4:63).

Kaya, ang nais na paraan, na tumutukoy sa Quran, ay isa na gumagalaw sa puso at isip ng tao. Iyon ay, sa pagtugon sa mga isip ng mga tao, natutugunan nila ito, kumbinsido sila sa katunayan ng Quran at, sa maikling salita, ay nagdudulot ng isang intelektuwal na pakikipagbaka sa loob ng mga ito. Ito ang misyon ng Quran. At ang misyong ito ay maisasagawa lamang sa pamamagitan ng mga makatuwirang argumento. Ang target na ito ay hindi maaaring makamit sa pamamagitan ng karahasan o armadong pagkilos.

Ito ay totoo na mayroong ilang mga talata sa Quran, na nagdudulot ng mga kautusan na katulad ng mga sumusunod, 'Patayin sila kung saan mo makikita ang mga ito' (2: 191). Sa pagtukoy sa mga naturang talata, may ilan na nagtatangkang magbigay ng impresyon na ang Islam ay isang relihiyon ng digmaan at karahasan. Ito ay ganap na hindi totoo. Ang mga naturang talata ay may kaugnayan sa isang limitadong kahulugan, sa mga may unilateral na

sinalakay ang mga Muslim. Ang taludtod sa itaas ay hindi nagpapahiwatig ng pangkalahatang utos ng Islam.

Ang katotohanan ng bagay na ito ang Koran ay hindi ipinahayag sa kumpletong anyo na kung saan ito ay umiiral ngayon. Ito ay ipinahayag paminsan-minsan, ayon sa mga pangyayari, sa loob ng isang oras na dumangkal ng 23 taon. Kung ito ay nahahati sa mga taon ng digmaan at kapayapaan, ang panahon ng kapayapaan ay umabot sa 20 taon, samantalang ang estado ng digmaan ay umabot lamang sa 3 taon. Ang mga paghahayag sa loob ng 20 taon na ito ay ang mapayapang aral ng Islam na ipinahahayag sa mga talata tungkol sa pagsasakatuparan ng Diyos, pagsamba, moralidad, katarungan, atbp.

Ang dibisyon ng mga utos sa iba't ibang kategorya ay isang likas na iisa at matatagpuan sa lahat ng mga aklat sa relihiyon. Halimbawa, ang Gita, ang banal na aklat ng mga Hindus, ay tumutukoy sa karunungan at moral na mga halaga. Ngunit kasama dito ang payo ni Krishna kay Arjuna, na naghihikayat sa kanya na lumaban (Bhagavad Gita, 3:30). Hindi ito nangangahulugan na ang mga mananampalataya sa Gita ay dapat maglunsad ng digmaan sa lahat ng oras. Mahatma Gandhi, pagkatapos ng lahat, nagmula sa kanyang pilosopiya ng di-karahasan mula sa parehong Gita. Ang pagpapayo upang makipaglaban sa Gita ay nalalapat lamang sa mga pambihirang mga kaso kung saan ang mga sitwasyon ay walang anumang pagpipilian. Ngunit para sa pangkalahatang pang-araw-araw na pag-iral ay nagbibigay ito ng parehong mapayapang mga utos na nakuha mula dito kay Mahatma Gandhi.

Katulad nito, sinabi ni Jesu-Kristo, 'Huwag isipin na dumating ako upang magdala ng kapayapaan sa Lupa. Hindi ako naparito upang magdala ng kapayapaan, kundi isang tabak. '(Mateo, 10:34).

Hindi tama na ipagpalagay na ang relihiyon na ipinangaral ni Cristo ay isa sa digmaan at karahasan, sapagkat ang mga pananalitang ito ay nauugnay lamang sa mga partikular na okasyon. Hangga't ang pangkalahatang buhay ay pinaguusapan, itinuro ni Cristo ang mapayapang mga halaga, tulad ng pagbubuo ng isang mabuting katangian, pagmamahal sa isa't isa, pagtulong sa mahihirap at nangangailangan, atbp.

Ito ay kapareho rin ang Koran. Nang umalis ang Propeta Muhammad mula sa Makkah patungo sa Madinah, ang mga tribong mananamba sa dios-diosan ay agresibo sa kanya. Ngunit laging iniiwasan ng Propeta ang kanilang mga pag-atake sa pamamagitan ng paggamit ng pasensya at diskarte ng pag-iwas. Gayunpaman sa ilang mga okasyon walang iba pang mga pagpipilian na umiiral, iligtas na ng pagtatanggol. Samakatuwid, kailangan niyang labanan ang ilang mga okasyon. Ito ang mga kalagayang nito, na nangyayari sa mga paghahayag na may kaugnayan sa digmaan. Ang mga utos na ito, na partikular sa ilang mga pangyayari, ay walang pangkalahatang aplikasyon. Hindi nila sinadya na maging wasto para sa lahat ng oras na darating. Iyon ang dahilan kung bakit; ang permanenteng kalagayan ng Propeta ay tinatawag na isang "awa para sa lahat ng sangkatauhan." (21: 107)

Ang Islam ay isang relihiyon ng kapayapaan sa lubos na kahulugan ng salita. Ang Koran ay tinatawag na 'daan ng kapayapaan' (5:16). Inilalarawan nito ang pagkakasundo bilang ang pinakamagaling na patakaran (4: 128), at sinabi na kinasusuklaman ng Allah (ang Diyos) ang anumang kaguluhan ng kapayapaan (2: 205). Maaari naming sabihin na ito ay hindi eksaherasyon upang sabihin na Islam at karahasan ay nagkakasalungatan sa bawat isa.

Ang Aklat ng Pagpapahayag

Ang Quran ay isang aklat ng Diyos na ipinahayag kay Propeta Muhammad. Hindi ito dumating sa kanya sa anyo ng isang kumpletong libro, ngunit sa mga bahagi sa loob ng isang panahon na umabot ng 23 taon. Ang unang bahagi ay ipinahayag sa 610 AD, nang si Propeta Muhammad ay nasa Makkah. Kasunod, ang iba't ibang mga bahagi ay patuloy na inihayag nang regular, ang huling bahagi na inihayag sa taong 632, nang ang Propeta ay nasa Madinah.

Mayroong 114 kabanata sa Quran, parehong mahaba at maikli. Ang bilang ng mga talata ay umabot sa 6600. Upang matugunan ang mga pangangailangan ng pagbigkas, ang Quran ay nahahati sa 30 bahagi. Ang mga bahagi na ito sa wakas ay itinakda sa ilalim ng patnubay ng Anghel Gabriel, sa pamamagitan ng kung saan inihayag ng Allah (ang Diyos) ang Quran.

Nang ang Quran ay nahayag sa unang isang-kapat ng ika-7 siglo, ang papel ay naimbento na. Ang papel na ito, na kilala bilang papyrus, ay ginawa sa pamamagitan ng kamay mula sa mga hibla ng ilang mga puno. Sa tuwing ang

anumang bahagi ng Quran ay ipinahayag, ito ay isinulat sa papiro, o sa Arabic, qirtas (6: 7). Sa prosesong ito, ang mga tao ay nakatuon sa mga talata sa pamamagitan ng memorya, ang Quran ay ang tanging panitikan ng Islam na binigkas sa panalangin, pati na rin ang binabasa para sa mga layunin ng da'wah. Sa ganitong paraan, patuloy na isinasaulo ang Quran ng sabay-sabay at isinusulat din. Ang pamamaraan ng pangangalaga na ito ay nagpatuloy sa panahon ng buhay ng Propeta Muhammad. Sa ganitong paraan, ang Quran ay napanatili sa panahon ng buhay ng Propeta.

Ang pangatlong caliph, 'Uthman ibn' Affan, ay may maraming kopya na inihanda. Ipinadala niya ang mga ito sa iba't ibang lungsod, kung saan sila ay pinananatili sa mga dakilang moske. Ang mga tao ay hindi lamang binigkas mula sa mga kopya, kundi naghanda rin ng higit pang mga kopya mula sa kanila.

Ang pagsusulat ng Quran sa pamamagitan ng kamay ay nagpatuloy hanggang sa ang imprenta ay naimbento at ang papel ay nagsimulang gawing isang malaking sukat, salamat sa rebolusyong pang-industriya. Pagkatapos, ang Quran ay nagsimula na ipalimbag. Ang mga paraan ng pagpi-print ay nagpatuloy sa pagpapabuti at kaya napabuti ang pag-print ng Quran. Ngayon ang mga naka-print na kopya ng Quran ay naging karaniwan na maaari silang matagpuan sa bawat bahay, moske, library at tindahan ng libro. Ngayon ang sinuman ay maaaring makahanap ng isang magandang kopya ng Quran, saan man siya naroon o maging saan mang bahagi ng mundo.

Paano Basahin ang Quran

Sinasabi ng Quran, 'Basahin ang Quran nang dahan-dahan at malinaw.' (73: 4) Nangangahulugan ito na 'basahin ang Quran sa mabagal, sinukat na mga tono ng ritmo'. Iyon ay 'binabasa, nagbabayad ng buong pansin sa pag-import ng nilalaman'. Kapag nabasa na tulad nito, ang isang dalawang-paraan na proseso sa pagitan ng Quran at ang mambabasa nito ay nagaganap. Para sa kanya, ang Quran ay isang pahayag o pagsasalita ng Allah (ang Diyos) at sinimulan ng kanyang puso ang pagsagot sa pahayag na ito sa bawat talata. Sa Koran kung saan mayroong anumang pagbanggit sa kamahalan ng Diyos, ang buong pag-iral ng mambabasa ay malakas na naapektuhan ng pagsasakatuparan ng Kanyang kadakilaan. Kapag ang mga biyaya ng Diyos ay binanggit sa Quran, ang puso ng mambabasa ay umaapaw na may pasasalamat; kapag ang paghihiganti ng Diyos ay inilarawan sa Quran, nanginginig ang bumabasa sa pagbabasa nito; kapag ang isang utos ay inilagay sa Quran, ang pakiramdam ay nagiging matindi sa mambabasa na siya ay dapat maging masunurin sa paksa ng kanyang Panginoon sa pamamagitan ng pagsasagawa ng utos na iyon.

skhan@goodwordbooks.com

Surah 1 • Al-Fatiha

Ang Panimula

1 Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang
Pinakamaawain.

2 Luwalhatiin si Allah, ang Tagapanustos at Tagapagtangkilik
ng lahat ng mga nilalang. 3 Ang Pinakamahabagin, ang
Pinakamaawain. 4 Ang Panginoon (o Hukom) sa Araw
ng Paghatol. 5 Kayo lamang ang aming sinasamba, at
Kayo lamang ang aming hinihingan ng kalinga. 6 Inyong
patnubayan kami sa Matuwid na Landas, 7 Sa landas ng mga
ginawaran Ninyo ng Inyong mga biyaya at hindi sa landas
na umaani ng Inyong pagkapoot, gayundin naman ay hindi
sa landas ng mga napaligaw sa patnubay.

Surah 2 • Al-Baqarah

Ang Baka

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang
Pinakamaawain.

1 *Alif, Lam, Mim* (mga titik A, La, Ma).

2 Ito ang Aklat (Qur'an), naririto ang tunay na patnubay
na walang alinlangan sa mga may pangangamba kay
Allah. 3 Na nananalig sa Al-Ghaib (nakalingid) at
matimtiman sa pagdalangin at gumugugol sa mga bagay
na Aming ipinagkaloob sa kanila. 4 At nananampalataya
sa Kapahayagan na ipinadala sa iyo (O Muhammad) at

sa ipinahayag nang una pa sa iyo (Torah [mga Batas] at Ebanghelyo) at sa (kanilang puso) ay may pananalig sa Kabilang Buhay. 5 Sila ay nasa (tunay na patnubay) mula sa kanilang Panginoon at sila ang magsisipagtagumpay.

6 At sa mga nagtatakwil sa pananampalataya, ito ay walang pagkakaiba sa kanila kahima't sila ay iyong paalalahanan o hindi paalalahanan; sila ay hindi sasampalataya. 7 Si Allah ang naglapat ng sagka sa kanilang puso at sa kanilang pandinig, at sa kanilang paningin ay may lambong. Kasakit-sakit ang kaparusahan (na kanilang tatamuhin).

8 At sa karamihan ng mga tao ay mayroong nagsasabi: "Kami ay sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw;" datapuwa't sila ay hindi tunay na nananalig. 9 Kanilang (napag-aakala) na malilinlang nila si Allah at ang mga sumasampalataya; datapuwa't dinadaya lamang nila ang kanilang sarili at ito ay hindi nila napag-aakala! 10 Ang kanilang puso ay may karamdaman (ng alinlangan at pagkukunwari) at si Allah ang nagdagdag sa kanilang karamdaman. At kasakit-sakit ang kaparusahan na sasakanila sapagkat sila ay nahirati sa kasinungalingan. 11 At kung sa kanila ay ipinagbabadya: "Huwag kayong magsigawa ng mga kabuhungan sa kalupaan", sila ay nagsasabi: "Kami lamang ang mga tagapagpayapa." 12 At katotohanang sila ang nagsisigawa ng kabuhungan, datapuwa't ito ay hindi nila napag-aakala. 13 At kung sa kanila (na mapagkunwari) ay ipinagbabadya: "Magsisampalataya kayo ng katulad ng mga sumasampalataya." Sila ay nagsasabi: "Kami ba ay magsisipaniwala ng katulad ng paniniwala ng mga baliw?" Katotohanang sila ang mga baliw, datapuwa't ito ay hindi nila nababatid. 14 At kung kanilang nakakadaupang palad

ang mga sumasampalataya, sila ay nagsasabi: “Kami ay sumasampalataya”, datapuwa’t kung sila ay nag-iisa na lamang na kasama ang kanilang masasama (mga pagano, mapagpaimbabaw, atbp.) sila ay nagsasabi: “Katotohanang kami ay nasa inyo, (datapuwa’t) kami ay nanunuya lamang.” 15 Si Allah ang manunuya sa kanila at magbibigay ng dagdag sa kanilang mga kamalian upang sila ay magsilibot na katulad ng isang bulag. 16 Sila yaong ipinagpalit nila ang kamalian sa patnubay, kaya’t ang kanilang kalakal ay walang kapakinabangan; at sila ay nawalan ng patnubay.

17 Ang kanilang kahalintulad ay katulad ng isang (tao) na nagpaparikit ng apoy. Nang ito ay magbigay ng liwanag sa kanyang paligid, si Allah ang kumuha ng kanilang liwanag at iniwan sila sa kadiliman. Kaya’t sila ay hindi makakita. 18 Sila ay mga bingi, pipi at bulag; sila ay hindi makakabalik (sa tamang landas). 19 (At ang isa pang kahalintulad) ay ang mabigat na ulap sa alapaap; naririto ang kadiliman, ang kulog at kidlat. Idinidiin nila ang kanilang mga daliri sa kanilang mga tainga upang hindi nila marinig ang nakakabinging pagkidlat dahilan sa kanilang pangangamba sa kamatayan. Datapuwa’t si Allah ang nakakasakop sa mga hindi sumasampalataya. 20 Ang kidlat ay halos umagaw na ng kanilang paningin; sa anumang sandali na ito ay sumisilaw sa kanila; sila ay nagsisilakad dito; at nang ang kadiliman ay lumukob sa kanila, sila ay napatigil na hindi kumikilos. At kung ninais lamang ni Allah, magagawa Niyang kunin ang kanilang pandinig at paningin; sapagkat si Allah ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

21 O sangkatauhan! Sambahin ninyo ang Tagapangalaga ninyong Panginoon na lumikha sa inyo at sa mga nangauna

sa inyo upang kayo ay maging matuwid, 22 Na lumikha sa kalupaan bilang inyong himlayan at ng mga alapaap bilang inyong silungan at nagpamalisbis ng ulan mula sa mga alapaap at nagpasibol dito (sa kalupaan) ng mga bungangkahoy bilang inyong ikabubuhay. Kaya't huwag kayong magtambal ng anupaman kay Allah kung batid ninyo (ang katotohanan).

23 At kung kayo (na mga paganong Arabo, mga Hudyo at Kristiyano) ay nag-aalinlangan tungkol sa Aming ipinahayag sa Aming alipin (na si Muhammad), kung gayon, kayo ay gumawa ng isang surah (kabanata) na katulad nito at tawagin ninyo ang inyong mga saksi at kawaksi tangi pa kay Allah kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan. 24 Datapuwa't kung kayo ay hindi makagawa, at katotohanang hindi ninyo magagawa; inyong pangambahan ang Apoy na ang kanyang panggatong ay mga tao at bato na siyang inihanda sa mga nagtatakwil sa pananampalataya. 25 Datapuwa't magsipagbigay kayo ng magandang balita sa mga sumasampalataya at nagsisigawa ng kabutihan, na ang kanilang bahagi ay Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso). Sa bawat sandali na sila ay pakakainin ng mga bungangkahoy nito, sila ay magsasabi: "Ito ang ipinagkaloob sa amin noong una", at sila ay bibigyan ng mga bagay na nakakahalintulad (kawangis sa hubog datapuwa't iba ang lasa), at sasakanila ang mga asawa na busilak (malaya sa dumi, ihi, regla, atbp.) at sila ay mananahan dito magpakailanman.

26 Katotohanang si Allah ay hindi nakikimi na magbigay ng paghahalintulad kahima't ito ay isang lamok o anumang malaki kaysa rito. Ang mga nagsisisampalataya

ay nakakatalos na ito ang katotohanan mula sa kanilang Panginoon. Datapuwa't ang mga nagtatakwil sa pananampalataya ay nagsasabi: "Ano baga ang ibig ipakahulugan ni Allah sa ganitong paghahalintulad?" Sa pamamagitan nito ay pinapangyari Niya na maligaw ang marami at pinapangyari Niya na maakay ang marami sa tamang landas. At hinahayaan lamang Niya na maligaw ang mga lumilisan sa pagtalima kay Allah. 27. Ang mga sumisira sa Kasunduan kay Allah matapos na ito ay mapagtibay at hindi tumutupad sa mga ipinag-uutos na dapat gawin at nagsisigawa ng kabuktutan sa kalupaan, sila ang mga talunan. 28. Paano mo baga itatakwil ang pananampalataya kay Allah? Napagmamalas ka noon na walang buhay at ikaw ay ginawaran Niya ng buhay, at ikaw ay hahayaan Niya na pumanaw at muli, ikaw ay bibigyan Niya ng buhay (sa Araw ng Muling Pagkabuhay); at ikaw sa Kanya ay magbabalik. 29. Siya ang lumikha para sa inyo ng lahat ng mga bagay na nasa kalupaan; at makaraan, Siya ay nag-Istawa (pumaibabaw) sa kalangitan (sa paraang naaangkop sa Kanyang Kamahalan) at yaon ay Kanyang ginawa na pitong suson. At sa lahat ng bagay, Siya ay may Ganap na Kaalaman.

30. Pagmasdan! Ang inyong Panginoon ay nagwika sa mga anghel: "Katotohanan, Ako ay maglalagay (ng sangkatauhan) sa kalupaan sa maraming sali't saling lahi." Sila ay nagsabi: "Maglalagay ba Kayo roon ng (mga tao) na magsisigawa ng kabuktutan at doon ay magdadanak ng dugo, habang kami ay lumuluwalhati ng mga pagpupuri at pagpaparangal sa Inyong Banal (na Pangalan)?" Siya (Allah) ay nagwika: "Nababatid Ko ang hindi ninyo nalalaman."

31. At itinuro Niya kay Adan ang pangalan ng lahat ng bagay

at itinambad Niya ang mga ito sa harapan ng mga anghel at nagsabi: “Sabihin ninyo sa Akin ang pangalan ng mga ito kung kayo ay nagsasabi ng kawastuan.” 32. Sila (anghel) ay nagsabi: “Luwalhatiin Kayo! Kami ay walang karunungan maliban sa itinuro Ninyo sa amin; sa katotohanan Kayo lamang ang may Ganap na Kaalaman at Karunungan.” 33. Siya (Allah) ay nagwika: “O Adan! Sabihin mo sa kanila ang kanilang pangalan.” At nang masabi na niya ang kanilang mga pangalan, si Allah ay nagwika: “Hindi baga Aking winika sa inyo na nababatid Ko ang mga lihim ng langit at lupa at talastas Ko kung ano ang inyong inilalantad at ikinukubli?”

34. At pagmasdan! Aming ipinangusap sa mga anghel: “Yumukod kayo kay Adan.” At sila ay yumukod maliban kay Iblis (isang Jinn na nasa lipon ng mga anghel nang sandaling yaon); siya ay tumanggi at siya ay palalo. Siya ay isa sa mga nagtatakwil sa pananampalataya. 35. At Aming winika: “O Adan! Manirahan ka at ang iyong asawa sa Halamanan at kumain kayo rito ng mga masaganang bagay (saan man at kailanman) ninyo naisin, datapuwa’t huwag ninyong lapitan ang punong ito, baka kayo ay mapasadlak sa kapahamakan at paglabag.” 36. (Ngunit hindi naglaon) ay ginawa ni Satanas na sila ay makatalilis dito (sa Halamanan) at hinayaan silang makalabas sa katayuan (ng katahimikan) na dati nilang kinalalagyan. Kami (Allah) ay nagwika: “Magsibaba kayo, lahat, ng may pagkagalit sa pagitan ninyo. Ang kalupaan ang inyong magiging tahanan at isang pansamantalang kaligayahan.” 37. At si Adan ay tumanggap ng mga Salita (Kapahayagan) mula sa kanyang Panginoon at ang kanyang Panginoon ay nagpatawad sa kanya (tumanggap sa kanyang

pagsisisi). Katotohanang Siya ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 38. Aming (Allah) winika: "Magsibaba kayong lahat sa pook na ito (Paraiso), at kailanma't may dumatal na patnubay mula sa Akin, at sinumang sumunod sa Aking patnubay, sila ay hindi magkakaroon ng pangamba, gayundin naman sila ay walang kalumbayan." 39. Datapuwa't ang mga nagtatakwil ng Pananampalataya at nagpapasinungaling sa Aming Ayat (kapahayagan, aral, katibayan, tanda, atbp.), sila ang magsisipanahan sa Apoy; maniniharan sila rito magpakailanman.

40. O Angkan ng Israel! Alalahanin ninyo ang Aking biyaya na ipinagkaloob Ko sa inyo at inyong tuparin (ang inyong tungkulin) sa Aking Kasunduan (sa inyo); tutuparin Ko rin ang Aking Kasunduan sa inyo at huwag kayong mangamba sa iba pa maliban sa Akin. 41. At manampalataya kayo sa Aking ipinahayag (ang Qur'an) na nagpapatotoo sa kapahayagan na nasa sa inyo (Torah [mga Batas] at Ebanghelyo) at huwag kayong manguna sa mga hindi nananalig dito, gayundin ay huwag ninyong ipagbili ang Aking mga Tanda (Kapahayagan) sa isang maliit na halaga, at pangambahan ninyo Ako at Ako lamang. 42. At huwag ninyong takpan ang Katotohanan ng kasinungalingan (alalaong baga, si Muhammad ay Tagapagbalita ni Allah at ang kanyang mga katangian ay nasusulat sa Kasulatan [ang Torah {mga Batas} at Ebanghelyo]), gayundin naman ay huwag ninyong ikubli ang Katotohanan kung ito ay inyong batid. 43. At kayo ay mag-alay ng palagiang pagdarasal nang mahinusay (Iqamat-as-Salah) at magbigay ng Zakah (katungkulang kawanggawa), at kayo ay magyukod ng inyong ulo na kasama ang mga yumuyukod (sa pagsamba).

44. Ipinatutupad ba ninyo ang Al-Birr (kabanalan at katuwiran at bawat isa at lahat ng gawa ng pagsunod kay Allah) sa mga tao gayong kayo sa inyong sarili ay nakakalimot (na isagawa ito) bagama't kayo ay dumadalit ng Kasulatan (ang Torah [mga Batas])? Hindi baga kayo nakakaunawa? 45. At inyong hanapin ang tulong (ni Allah) sa pagiging matimtiman at matiyaga at sa pagdarasal. Katiyakang ito ay mabigat at mahirap (sa iba) maliban sa Al-Khashi'un (alalaong baga, ang mga tunay na nananampalataya kay Allah, na sumusunod sa Kanya ng may ganap na pagtalima, na labis na nangangamba sa Kanyang kaparusahan, at nananalig sa Kanyang Pangako [ang Paraiso] at sa Kanyang Babala [ang Impiyerno]), 46. Na namamalagi sa kanilang isipan at may katiyakan na kanilang makakadaupang palad ang kanilang Panginoon at sila sa Kanya ay magbabalik.

47. O Angkan ng Israel! Alalahanin ninyo ang Aking Biyaya na Aking ipinagkaloob sa inyo, na kayo ay higit Kong pinahalagahan sa lahat ng mga nilalang (sa inyong kapanahunan na lumipas). 48. At inyong pangambahan ang Araw (ng Paghuhukom) na ang bawat isa ay hindi makakaasa ng tulong ng iba; na ang pamamagitan (ng iba) ay hindi tatanggapin sa kanya at wala ring kabayaran ang tatanggapin mula sa kanya at sila rin ay hindi matutulungan. 49. At alalahanin nang kayo ay Aming iniligtas sa mga tao ni Paraon na naglalapat sa inyo ng kasakit-sakit na kaparusahan; na pumapatay sa inyong mga anak na lalaki at hinahayaang buhay ang inyong kababaihan, at naririto ang matinding pagsubok mula sa inyong Panginoon. 50. At alalahanin nang Aming hinati ang dagat para sa inyo at iniligtas kayo, at (Aming) nilunod ang mga tao ni Paraon

sa harap ng inyong paningin. 51. At alalahanin nang Aming itinalaga kay Moises ang apatnapung gabi, at sa kanyang pansamantalang pagkawala ay inyong ginawa ang batang baka (para sambahin); at kayo ay gumawa ng kasuklam-suklam na kamalian. 52. Gayunpaman, kayo ay Aming pinatawad. Kayo ay mayroong pagkakataon upang kayo ay magkaroon ng damdamin ng pasasalamat. 53. At alalahanin nang ibinigay Namin kay Moises ang Kasulatan (Torah, [mga Batas]) at ang Pamantayan (ng tama at mali) upang kayo ay mapatnubayan sa katuwiran. 54. At alalahanin si Moises nang kanyang sabihin sa kanyang pamayanan: "O aking pamayanan! Katotohanang isinadlak ninyo ang inyong sarili sa kamalian nang inyong sambahin ang batang baka; kaya't magbalik loob kayo (sa pagsisisi) sa inyong Tagapaglikha at inyong utasin ang inyong sarili (ang walang kasalanan ay pumatay sa mga buktot sa karamihan ninyo); ito ay higit na mainam sa inyo sa paningin ng inyong Tagapaglikha. (At hindi nagtagal) ay Kanyang tinanggap ang inyong pagtitika. Katotohanang Siya ang Tanging Isa na tumatanggap ng pagsisisi, ang Pinakamaawain. 55. At alalahanin nang inyong sabihin: "O Moises! Kailanman ay hindi kami maniniwala sa iyo hangga't hindi namin nakikita nang lantad si Allah." Datapuwa't kayo ay sinakmal ng kidlat habang kayo ay nakatitig. 56. At pagkatapos, kayo ay Aming binuhay mula sa kamatayan upang kayo ay magkaroon ng damdamin ng pasasalamat. 57. At pinapangyari Namin ang mga ulap na lambungan kayo ng lilim at ipinanaog (Namin) sa inyo ang Manna at mga pugo (at Kami ay nagwika): "Magsikain kayo ng mabubuting bagay na Aming ipinagkaloob sa inyo." (Datapuwa't sila ay nagsipaghimagsik), sila ay hindi

nakapagbigay sa Amin ng kapariwaraan, subalit ipinariwara nila ang kanilang sarili.

58. At alalahanin nang Aming winika: “Magsipasok kayo sa bayang ito (Herusalem) at kayo ay kumain nang masagana at may kasiyahan sa inyong maibigan at tumuloy kayo sa tarangkahan na nagpapatirapa (at may kapakumbabaan) na nagsasabi: “Patawarin (Ninyo) kami”, at Aming ipatatawad ang inyong mga kasalanan at daragdagan (Namin) ang (pabuya) sa mga gumagawa ng katuwiran. 59. Datapuwa’t ang mga buktot ay nagbigay ng kamalian sa salita na iginawad sa kanila upang (ipahayag) sa iba, kaya’t Aming ipinadala sa mga buktot ang isang salot mula sa langit dahilan sa kanilang paghihimagsik na tumalima kay Allah. 60. At alalahanin nang si Moises ay manalangin (dahil sa pangangailangan) sa tubig ng kanyang pamayanan; Aming (Allah) winika: “Hampasin mo ang bato ng iyong tungkod.” At bumukal dito ang labingdalawang batis. Ang bawat pangkat ay nakakaalam ng kaniyang lugar ng tubig. Kaya’t magsikain at uminom kayo mula sa panustos na ikabubuhay na ipinagkaloob ni Allah, at huwag kayong gumawa ng katampalasanan sa kalupaan. 61. At alalahanin nang inyong sabihin: “O Moises! Hindi namin kayang pagtiyagaan ang isang uri ng pagkain (lamang); kaya’t manawagan ka sa iyong Panginoon patungkol sa amin upang magpasibol ng maaaring tumubo sa lupa, (tulad ng) mga herba, pipino, bawang, lentil at sibuyas.” Siya (Moises) ay nagsabi: “Ipagpapalit ba ninyo ang mainam sa mababang (uri)? Magsihayo kayo sa anumang bayan at inyong masusumpungan ang inyong ninanais!” At sila ay nalambungan ng kahihiyan at kapighatian; hinatak nila sa

kanilang sarili ang Poot ni Allah. Ito'y sa dahilang sila ay nagtatakwil sa Ayat (aral, kapahayagan, katibayan, tanda, atbp.) ni Allah at pumatay sa Kanyang mga Tagapagbalita ng walang katuwiran. Ito'y sa dahilang sila ay naghimagsik at nagpatuloy sa pagsuway.

62. Katotohanan! Ang mga sumasampalataya (sa Qur'an at ang mga sumusunod sa Kasulatan (sa Torah, [mga Batas]), ang mga Hudyo, ang mga Kristiyano at mga Sabiyano, at sinumang nananampalataya kay Allah at sa Huling Araw at nagsisigawa ng kabutihan ay tatanggap ng kanilang biyaya mula sa kanilang Panginoon at sa kanila ay walang pangangamba, gayundin naman, sila ay walang kalumbayan. (Ang talatang ito ay sinusugan ni Allah sa Surah 3:85).

63. At alalahanin (O Angkan ng Israel), nang Aming kinuha ang inyong Kasunduan at Aming itinaas nang higit sa inyo ang Bundok (ng Sinai) na nagsasabi: "Manangan kayo nang matatag sa Aming ipinagkaloob sa inyo at inyong gunitain ang nakapaloob dito upang kayo ay maging Al-Muttaqun (mga matimtiman sa kabanalan, mabuti at matuwid na tao)." 64. Datapuwa't kayo ay nagsitalikod dito. At kung hindi lamang sa Biyaya at Habag ni Allah sa inyo, katiyakang kayo ay nasa lipon ng mga talunan. 65. At katotohanang batid ninyo kung sino sa inyong lipon ang sumuway sa (kautusan) ng (araw ng) Sabado. Aming (Allah) winika sa kanila: "Kayo ay maging unggoy, na kinasusuklaman at itinatakwil." 66. Kaya't ginawa Namin ang kaparusahang ito bilang isang halimbawa sa kanilang panahon at sa susunod na sali't saling lahi at isang aral sa mga may pangangamba kay Allah.

67. At alalahanin nang sabihin ni Moises sa kanyang

pamayanan: “Katotohanang si Allah ay nag-uutos sa inyo na kayo ay magsakripisyo (mag-alay) ng isang baka.” Sila ay nagsabi: “Ginagawa mo ba kaming katatawanan?” Siya (Moises) ay nagsabi: “Iligtas nawa ako ni Allah na mapabilang sa Al-Jahilun (mga tao na walang pag-iisip, mangmang at may kabaliwan)!” 68. Sila ay nagsabi: “Manikluhod ka sa iyong Panginoon patungkol sa amin na gawing maliwanag kung anong (baka) ito!” Siya (Moises) ay nagsabi; Kanyang (Allah) winika: “Katotohanan, ito ay hindi lubhang matanda o lubhang bata, ngunit ito ay katamtamang gulang lamang; kaya’t gawin ninyo ang sa inyo ay ipinag-utos.” 69. Sila ay nagsabi: “Tawagan mo ang iyong Panginoon patungkol sa amin na maging maliwanag kung ano ang kulay nito!” Siya (Moises) ay nagsabi: “Kanyang (Allah) winika na ito ay dilaw na baka, na marikit sa kanyang kulay at nakakaakit sa mga tumitingin.” 70. Sila ay nagsabi: “Manawagan ka sa iyong Panginoon patungkol sa amin na maging maliwanag sa amin kung ano ba siya; para sa amin ang lahat ng mga baka ay magkakatulad. At katotohanang kung nanaisin ni Allah, kami ay mapapatnubayan.” 71. Si (Moises) ay nagsabi: “Katotohanang Kanyang (Allah) winika: Ito ay isang baka na hindi pa natuturuang magbungkal ng lupa o magdilig ng bukirin, matatag, at walang anumang mantsa maliban sa marikit na dilaw.” Sila ay nagsabi: “Ngayon, ikaw ay naghatid ng katotohanan.” Kaya’t kanilang kinatay ito bagama’t sila ay nag-aatubili na ito ay gawin. 72. At alalahanin nang inyong patayin ang isang tao at kayo ay nagsipagtalo-talo sa isa’t isa tungkol sa krimen. Datapuwa’t inilantad ni Allah ang inyong inililingid. 73. Kaya’t Aming winika: “Inyong hampasin siya (ang patay na katawan) ng isang piraso (ng

kinatay na baka).” Sa ganito ibinabalik ni Allah ang patay sa pagkabuhay at ipinamamalas Niya sa inyo ang Kanyang Ayat (kapahayagan, aral, katibayan, tanda, atbp.) upang kayo ay magkaroon ng pang-unawa.

74. Ngunit pagkaraan nito, ang inyong puso ay tumigas at naging bato at higit na naging malala sa katigasan. At katotohanang may mga batuhan na sa ibabaw nito ay may mga ilog na nagsisidaloy, at ang iba, kung ito ay mabiyak, ay binubukalan ng tubig at katotohanang ang ibang (bato) ay nalalaglag dahil sa pagkatakot kay Allah. At si Allah ay walang hindi nalalaman sa inyong ginagawa.

75. Kayo ba (na mga matatapat na sumasampalataya) ay umaasa na sila ay sasampalataya sa inyong relihiyon, kahima’t ang ilang pangkat sa lipon nila (ang mga Hudyo na may kaalaman) ay palaging nakakarinig ng Salita ni Allah (ang Torah [mga Batas]); at sila ay tandisang nagbabago nito, matapos na ito ay kanilang maunawaan? 76. Pagmalasin! Kung sila (ang mga Hudyo) ay makadaupang palad ng mga sumasampalataya (ang mga Muslim), sila ay nagsasabi: “Kami ay sumasampalataya”, datapuwa’t kung sila ay nangagkakatipon sa kubli, sila ay nagsasabi: “Ipangungusap ba ninyo (O Hudyo!) sa kanila (Muslim) kung ano ang ipinahayag ni Allah sa inyo (tungkol sa nababanggit kay Propeta Muhammad sa Torah [mga Batas]), upang sila ay makipagtalo sa inyo tungkol dito sa harapan ng inyong Panginoon?” Kayo baga ay walang pang-unawa?” 77. Hindi baga nila (ang mga Hudyo) nababatid na talastas ni Allah ang kanilang inililingid at kanilang inilalantad?

78. At mayroong mga tao sa lipon nila (mga Hudyo) ang mga mangmang na hindi nakakaalam sa Aklat datapuwa’t

nananangan lamang sa kanilang pagnanasa at gumagawa lamang ng sapantaha. 79. Kung gayon, kasawian (sa kaparusahan) sa mga sumusulat ng Aklat sa kanilang sariling mga kamay at nagsasabi: "Ito ay mula kay Allah", upang bumili sa pamamagitan nito ng isang maliit na halaga! Kasawian (sa kaparusahan) sa kanila, sa anumang sinulat ng kanilang mga kamay at kasawian (sa kaparusahan) sa kanila sa anumang kanilang kinita. 80. At sila (ang mga Hudyo) ay nagsasabi: "Ang Apoy ay hindi sasayad sa atin maliban lamang sa ilang natatakdaang araw." Ipagbadya (O Muhammad): "Kayo baga ay kumuha ng Kasunduan mula kay Allah; sapagkat kailanman, Siya ay hindi sumisira sa Kanyang pangako? O kayo baga ay nagsasabi ng tungkol kay Allah ng wala kayong kaalaman?" 81. Tunay nga! Sinumang kumita ng kasamaan, at ang kanyang kasalanan ay pumalibot sa kanya; sila ang magsisipanirahan sa Apoy (Impiyerno); maninirahan sila rito magpakailanman. 82. Datapuwa't ang mga may pananampalataya at nagsisigawa ng katuwiran, sila ang mga magsisipanirahan sa Paraiso; mananahan sila rito magpakailanman.

83. At alalahanin nang Kami ay kumuha ng isang Kasunduan mula sa Angkan ng Israel na nagsasabi: "Huwag kayong sumamba maliban lamang kay Allah at maging masunurin at mabuti sa inyong mga magulang, at sa mga kamag-anak, at sa mga ulila at sa mga mahihirap na nagpapalimos; kayo ay mangusap nang makatuwiran sa mga tao; maging matimtiman sa pananalangin; at magbigay ng Zakah (katungkulang kawanggawa)." Ngunit kayo ay tumalikod, maliban lamang sa ilan sa inyo, at kayo ay nanunumbalik (sa dating masamang gawi).

84. At alalahanin nang Aming kinuha ang inyong Kasunduan (na nagsasabi): “Huwag ninyong padanakin ang dugo ng inyong pamayanan, gayundin naman ay huwag ninyong itaboy ang inyong pamayanan sa kanilang tirahan.” At ito ay inyong pinagtibay at dito kayo ay nagbigay saksi.
85. Pagkaraan nito, kayo ang pumatay sa bawat isa sa inyo at nagtaboy ng isang pangkat sa kanilang mga tahanan; kayo ay tumulong (sa kanilang mga kaaway) laban sa kanila sa kasalanan at pagsuway. At kung sila ay dumating sa inyo bilang mga bihag, inyong ipinatutubos sila bagama’t ang pagtataboy sa kanila ay ipinagbabawal sa inyo. Kayo ba ay naniniwala lamang sa bahagi ng Kasulatan at nagtatakwil sa iba pa? Datapuwa’t ano ang kabayaran sa inyo na may pag-uugaling ganito, maliban sa kahihiyan sa buhay sa mundong ito? At sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sila ay isasadlak sa kasakit-sakit na kaparusahan sapagkat si Allah ang may kabatiran sa inyong ginagawa. 86. Sila ang mga tao na bumibili ng buhay sa mundong ito bilang kapalit ng Kabilang Buhay. Ang kanilang kaparusahan ay hindi pagagaanin at sila rin ay hindi tutulungan.
87. Aming ibinigay kay Moises ang Aklat at Aming sinundan siya ng marami pang Tagapagbalita. Aming isinugo si Hesus na anak ni Maria na may maliwanag na Ayat (mga tanda, aral, kapahayagan, katibayan, atbp.) at Aming pinatatag siya ng Banal na Espiritu (Gabriel). Ito ba ang dahilan, na kailanma’t may dumatal na Tagapagbalita sa inyo na hindi ninyo ninanais, kayo ay napupuspos ng kapalaluan? Ang iba ay tinatawag ninyong nagbabalatkayo at ang iba ay inyong pinapatay! 88. At sila ay nagsasabi: “Ang aming puso ay nababalutan (alalaong baga, hindi na

nakikinig at nakakaunawa ng salita ni Allah).” Hindi, si Allah ang sumumpa sa kanila dahilan sa kawalan nila ng pananalig, kakarampot lamang ang kanilang paniniwala.

89. At nang may dumatal sa kanila (ang mga Hudyo) na isang Aklat (ang Qur’an) mula kay Allah na nagpapatotoo kung ano ang nasa kanila (Torah [mga Batas] at Ebanghelyo), bagama’t noong una ay nanawagan sila kay Allah (sa pagdatal ni Muhammad) upang sila ay magkamit ng tagumpay laban sa mga walang pananampalataya. At nang dumatal sa kanila (ang bagay) na kanilang nakilala (na hindi maipagkakaila), sila ay tumanggi na manalig dito. Kaya’t hayaan ang Sumpa ni Allah ay manatili sa mga walang pananampalataya.
90. Kaaba-aba ang kabayaran sa pagbibili nila ng kanilang sarili (kaluluwa), na sila ay hindi magsisisampalataya (sa bagay) na ipinahayag ni Allah sa kanila (ang Qur’an), na nagngingitngit ang kanilang kalooban na ipinahayag Niya ang Kanyang Biyaya sa sinumang Kanyang maibigan sa Kanyang mga alipin. Kaya’t pinamayani nila sa kanilang sarili ang sunod-sunod na pagkapoot. At kaaba-aba ang kaparusahan sa mga walang pananampalataya.

91. At nang ito ay ipagbadya sa kanila (mga Hudyo): “Panaligan ninyo ang ipinanaog ni Allah,” sila ay nagsasabi, “Kami ay naniniwala sa ipinanaog sa amin”, ngunit sila ay hindi naniniwala sa dumatal (na pahayag) na kasunod nito, bagama’t ito ang katotohanan na nagpapatotoo kung ano ang nasa kanila. Ipagbadya (O Muhammad sa kanila): “Bakit ninyo pinatay ang mga Propeta ni Allah noon pa mang una, kung kayo ay katotohanang sumasampalataya?”
92. At katotohanang si Moises ay dumatal sa inyo na may maliliwanag na katibayan; datapuwa’t sinamba ninyo ang

batang baka pagkaraang siya ay (pansamantalang) lumisan, at kayo ay gumawa ng katampalasanan. 93· At alalahanin nang Aming kinuha ang inyong Kasunduan at Aming itinaas nang higit sa inyo ang bundok (ng Sinai) na (nagsasabi): "Tumangan kayo nang mahigpit sa anumang ipinagkaloob Namin sa inyo at makinig (sa Batas)." Sila ay nagsabi: "Kami ay nakarinig at kami ay sumuway." At ang kanilang puso ay nalagom (ng pagsamba) sa batang baka dahilan sa kawalan nila ng pananampalataya. Ipagbadya: "Tunay na kabuktutan ang ipinakikita ng inyong pananalig, kung kayo nga ay mayroong (anumang) pananalig!" 94· Ipagbadya sa kanila: "Kung ang huling tahanan ng Kabilang Buhay kay Allah ay katiyakan na tanging sa inyo lamang at hindi sa mga iba ng sangkatauhan, kung gayon, ay inyong hangarin ang inyong kamatayan kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan." 95· Datapuwa't sila ay hindi maghahangad ng kamatayan, dahilan (sa mga kasalanan) kung saan sila itinaboy noon ng kanilang mga kamay. At si Allah ang Ganap na Nakakabatid sa Zalimun (mga tampalasan, buhong, buktot, mapaggawa ng kamalian). 96· At katotohanang inyong matatagpuan sila; sa lahat ng mga tao, na pinakasakim sa buhay, na (higit pang sakim) sa mga hindi naniniwala sa Muling Pagkabuhay (ang mga pagano, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, atbp.). Ang bawat isa sa kanila ay naghahangad na sila ay mabigyan ng buhay na isang libong taon. Datapuwa't ang pagbibigay sa kanila ng gayong buhay ay hindi makakapagligtas sa kanila sa (nararapat) na kaparusahan, sapagkat si Allah ang Lubos na Nakakamasid ng lahat nilang ginagawa.

97· Ipahayag (O Muhammad): "Sinuman ang maging kaaway ni Gabriel (hayaan siyang mamatay sa kanyang

pagkapoot), sapagkat katotohanang ipinarating niya (ang kapahayagan, ang Qur'an)) sa inyong puso sa kapahintulutan ni Allah; isang pagpapatunay sa mga dumatal (na patnubay) noon pang una (ang Torah [mga Batas] at Ebanghelyo) at magandang balita sa mga sumasampalataya. 98. Sinuman ang maging kaaway ni Allah, ng Kanyang mga anghel, ng Kanyang mga Tagapagbalita, ni Gabriel at Mikael, kung gayon, katotohanang si Allah ay isang kaaway ng mga walang pananampalataya. 99. At katotohanang ipinanaog Namin sa iyo ang lantad na Ayat (ang mga talata ng Qur'an na masusing nagpapahiwatig hinggil sa balita ng mga Hudyo at ang kanilang lihim na layunin), at walang nagtatakwil dito maliban sa mga mapaghimagsik. 100. Hindi ba (gayon nga), na sa bawat panahon na gumawa sila ng kasunduan, ang ilang pangkat sa kanila ay nagwawalang bahala? Hindi! Sa katotohanan, ang karamihan sa kanila ay walang pananampalataya. 101. At nang dumatal sa kanila ang isang Tagapagbalita (Muhammad) mula kay Allah na nagpapatotoo kung ano ang tinanggap nila, ang isang pangkat sa lipon nila (ang Angkan ng Kasulatan) ay naghagis ng Aklat ni Allah sa kanilang likuran na wari bang (ito ay isang bagay) na hindi nila nababatid!

102. Sinusunod nila kung ano ang dinadalit ng mga demonyo (ang kasinungalingan ng salamangka) sa panahon ni Solomon. Si Solomon ay hindi nawalan ng pananampalataya, datapuwa't ang mga demonyo ay hindi sumampalataya, na nagtuturo sa mga tao ng salamangka at mga bagay-bagay na dumatal sa Babilonia sa dalawang anghel, si Harut at si Marut, datapuwa't ang sinuman sa kanilang dalawa ay hindi nagturo sa kaninuman (ng

gayong bagay) hangga't hindi sila nakakapagsabi: "Kami ay para sa pagsubok lamang, kaya't huwag kayong mawalan ng pananalig (sa pamamagitan ng pag-aaral ng ganitong salamangka mula sa amin). Napag-aralan nila sa kanila (mga anghel) ang mga paraan upang magtanim ng di pagkakaunawaan sa pagitan ng lalaki at kanyang asawa. Datapuwa't hindi nila masasaktan ang sinuman malibang pahintulutan ni Allah. At natutuhan nila kung ano ang pumipinsala sa kanila at nagbibigay kapakinabangan sa kanila. At batid nila na ang mga tumatangkilik (sa salamangka) ay walang bahagi ng kaligayahan sa Kabilang Buhay. At kabuktutan ang kabayarang halaga, na kanilang ipinagbili ang kanilang kaluluwa kung kanila lamang nalalaman! 103. Kung pinangalagaan lamang nila ang kanilang Pananampalataya at binantayan ang kanilang sarili sa kasamaan, higit na mainam sana ang gantimpala mula kay Allah kung kanila lamang nalalaman!

104. O kayong may pananalig! Huwag ninyong sabihin (sa Tagapagbalita) ang "Raina" (Maging maingat, makinig ka sa amin at kami ay makikinig sa iyo), datapuwa't magsabi kayo ng "Unzurna" (Hayaang kami ay makaunawa) at makinig (sa kanya). At sa mga walang pananampalataya ay mayroong kasakit-sakit na kaparusahan. 105. Hindi kailanman hinangad ng mga walang pananampalataya sa lipon ng Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano), gayundin ng mga mapagsamba sa diyus-diyosan, na magnais na may anumang magandang bagay na dumatal sa inyo mula sa inyong Panginoon. Subalit si Allah ang humihirang mula sa Kanyang Habag ng sinumang Kanyang mapusuan, at si Allah ang Panginoon ng Nag-uumapaw na

Biyaya. 106. Wala sa Aming mga kapahayagan ang Aming sinusugan o hinayaang makalimutan, na hindi Namin pinalitan ng higit na mainam o katumbas nito. Hindi baga ninyo nababatid na si Allah ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay? 107. Hindi baga ninyo nababatid na si Allah ang nag-aangkin ng kapamahalaan ng mga kalangitan at kalupaan? At maliban sa Kanya, kayo ay walang anumang tagapangalaga o kawaksi. 108. O nais ba ninyong tanungin ang inyong Tagapagbalita (Muhammad) na katulad din nang si Moises ay tanungin noon (alalaong baga, ipakita mo sa amin ang iyong Panginoon)? Datapuwa't sinumang magpalit ng Pananampalataya sa (halip) ng kawalan ng Pananampalataya ay katotohanang napaligaw sa tuwid na landas.

109. Marami sa Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ang nagnanais na muli kayong mawalan ng pananalig matapos na kayo ay manampalataya, dahilan sa pagkainggit mula sa kanilang sarili, matapos na ang katotohanan (na si Muhammad ay sugo ni Allah) ay maging malinaw sa kanila. Datapuwa't magpatawad at pabayaan (sila), hanggang sa ibigay ni Allah ang Kanyang Pag-uutos, sapagkat si Allah ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay. 110. At maging matimtiman sa pagdalangin (Iqamat-as-Salah) at magkaloob ng Zakah (katungkulang kawanggawa), at anumang kabutihan ang ipinarating ninyo sa inyong sarili noon (at ngayon), ito ay matatagpuan ninyo kay Allah, sapagkat si Allah ang nakakabatid ng lahat ninyong ginagawa. 111. At sila ay nagsasabi: "Walang sinuman ang makakapasok sa Paraiso maliban na siya ay Hudyo o Kristiyano." Ito ay kanilang (sinasapantahang) pagnanais

(pag-aakala) lamang. Ipagbadya (sa kanila, O Muhammad): "Ipakita ninyo ang inyong katibayan kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan." 112. Tunay nga! Sinumang magsuko nang ganap ng kanyang sarili kay Allah at mapaggawa ng kabutihan, ay matatanggap niya ang gantimpala mula sa kanyang Panginoon. Sa kanila ay walang pangangamba, gayundin, sila ay walang kalumbayan.

113. Ang mga Hudyo ay nagsasabi: "Ang mga Kristiyano ay walang pinanghahawakan (sila ay nasa maling pananampalataya)" at ang mga Kristiyano ay nagsasabi: "Ang mga Hudyo ay walang pinaghahawakan (nasa maling pananampalataya)." Datapuwa't sila (ay kapwa) nagpapamarali na kanilang pinag-aaralan (o dinadalit) ang (magkatulad) na Kasulatan. Ang kanilang salita ay katulad ng mga pagano na walang kaalaman. Datapuwa't si Allah ang hahatol sa kanilang pinag-aawayan sa Araw ng Paghuhukom. 114. At sino pa kaya ang higit na di makatarungan maliban sa kanya na nagbabawal na ang mga Pangalan ni Allah ay luwalhatiin at banggitin sa mga lugar ng pagsamba (moske) at nagsusumikap sa kanilang kapinsalaan? Hindi isang katampatan na sila ay pumasok (sa Tahanan ni Allah) maliban na may pangangamba. Sa kanila ay walang anupaman, maliban sa kahihiyan sa mundong ito, at sa Kabilang Buhay ay nag-uumapaw na kaparusahan. 115. Si Allah ang nag-aangkin ng Silangan at Kanluran at kahit saan mang dako na ibaling mo ang iyong sarili ay nandoroon ang Mukha ni Allah (Siya ang Pinakamataas sa Kanyang Luklukan). Katotohanang si Allah ay Puspos ng Panustos sa pangangailangan ng Kanyang mga nilikha, ang Ganap na Maalam. 116. At sila (mga Hudyo, Kristiyano at

Pagano) ay nagsasabi: “Si Allah ay nagkaroon ng anak (na lalaki).” Luwalhatiin Siya! Hindi! Siya ang nag-aangkin ng lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan, at ang lahat ay nag-uukol ng pagsamba sa Kanya. 117. Ang Pinagmulan (Lumikha) ng mga kalangitan at kalupaan; kung Siya ay magtakda (magnais) ng isang bagay, Siya ay magwiwika lamang ng: “Mangyari nga!” at ito ay magaganap.

118. At ang mga walang kaalaman ay nagsasabi: “Bakit kaya si Allah ay hindi makipag-usap sa atin (nang harapan)? O bakit kaya ang isang Tanda (pangitain) ay hindi dumaratal sa atin?” Ito ang sinasabi ng mga tao na una pa sa kanila, sa gayon ding salita. Ang kanilang puso ay magkatulad. Katotohanan, Aming ginawang maliwanag ang mga Tanda sa mga tao na matatag na nananangan sa kanilang Pananampalataya (sa kanilang puso). 119. Tunay ngang ikaw (O Muhammad) ay isinugo Namin sa Katotohanan (alalaong baga, ang Islam) bilang tagapagdala ng magandang balita (ang mga sasampalataya sa iyong dinala ay papasok sa Paraiso) at isang Tagapagbabala (ang mga hindi sasampalataya sa iyong dinala ay papasok sa Impiyerno) ; at ikaw ay hindi tatanungin tungkol sa mga magsisipanirahan sa Naglalagablab na Apoy. 120. Kailanman, ang mga Hudyo at mga Kristiyano ay hindi masisiyahan sa iyo (O Muhammad) malibang iyong sundin ang paraan ng kanilang pananampalataya. Ipagbadya: “Katotohanan, ang Patnubay ni Allah (ang Islam), ito lamang ang (tanging) patnubay.” At kung ikaw (O Muhammad) ay susunod sa kanilang nais, pagkaraan na iyong matanggap ang Karunungan (ang Qur’an), kung magkagayon, ikaw ay hindi makakatagpo ng anumang Wali (Tagapangalaga o Kawaksi) laban kay Allah.

121. Ang mga biniyayaan Namin ng Aklat (Torah [mga Batas] at Ebanghelyo) ay nag-aaral nito (ang Qur'an) sa paraang nararapat na pag-aaral (alalaong baga, dumadalit nito at sumusunod sa [kanyang] pag-uutos at mga aral); sila ang mga nagsisisampalataya rito. At ang mga magtatakwil ng pananalig dito (sa Qur'an), sasakanila ang pagkatalo.

122. O Angkan ng Israel! Alalahanin ninyo ang Aking Biyaya na ipinagkaloob sa inyo at kayo ay Aking higit na pinahalagahan kaysa sa ibang mga nilalang (ng inyong kapanahunan na lumipas). 123. At inyong pangambahan ang Takdang Araw (ng Paghuhukom), na walang isa mang kaluluwa ang makakaasa sa iba, gayundin ang bayad ay hindi tatanggapin sa kanya, gayundin ang pamamagitan ay walang saysay sa kanya, gayundin naman, sila ay hindi matutulungan. 124. At alalahanin nang si Abraham ay sinubukan ng kanyang Panginoon sa natatanging Pag-uutos na kanyang tinupad. Siya (Allah) ay nagwika sa kanya: "Katotohanan, ikaw ay Aking gagawin na isang pinuno (Propeta) ng sangkatauhan." (Si Abraham) ay nanikluhod: "Gayundin ang aking mga anak (lahi) bilang mga pinuno." (Si Allah) ay nagwika: "Ang Aking Kasunduan (paghirang sa Propeta, atbp.) ay hindi nakakasakop sa Zalimun (mga tampalasan, mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian)."

125. At alalahanin nang Aming gawin ang Tahanan (ang Ka'ba sa Makkah) bilang isang lugar ng pagtitipon sa mga tao at isang lugar ng kaligtasan. At kayo ay Aming dinala sa Himpilan ni Abraham bilang isang lugar ng dalanginan at Aming ipinag-utos kay Abraham at Ismail na nararapat nilang dalisayin ang Aking Tahanan sa mga

tao na pumapalibot dito, o namamalagi rito (sa pag-aala-ala kay Allah), o sa mga yumuyuko at nagpapatirapa rito (sa pananalangin). 126. At alalahanin nang sabihin ni Abraham: "Aking Panginoon, gawin Ninyo na ang lungsod na ito (Makkah) ay maging isang lugar ng kaligtasan at Inyong biyayaan ang nagsisipanirahan dito ng mga bungangkahoy, sa mga katulad nila na sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw. Siya (Allah) ay nagwika: "At sa kanya na hindi sumasampalataya, siya ay pansamantala Kong hahayaan sa pananagana, datapuwa't hindi magtatagal, siya ay Aking itataboy sa kaparusahan ng Apoy, isang masamang patutunguhan!"

127. At alalahanin nang itindig ni Abraham at Ismail ang mga haligi ng Tahanan (na may panikluhod): "Aming Panginoon! Tanggapin Ninyo (ang paglilingkod na ito) mula sa amin. Katotohanang Kayo ang Ganap na Nakakarinig, ang Tigib ng Kaalaman." 128. "Aming Panginoon! Kami ay gawin Ninyong mga Muslim na tumatalima sa Inyong (Kalooban) at gayundin ang aming mga anak (lahi) na tumatalima sa Inyong (Kalooban) at Inyong ipakita sa amin ang mga lugar ng pagdiriwang ng ritwal (sa Hajj at Umrah, atbp.) at Inyong tanggapin ang aming pagsisisi. Katotohanang Kayo ang Tanging Isa na tumatanggap ng pagsisisi, ang Pinakamaawain". 129. "Aming Panginoon! Isugo Ninyo sa kanila ang isang Tagapagbalita na mula sa kanila (at katiyakang si Allah ay duminig sa kanilang panawagan sa Kanyang pagsusugo kay Muhammad), na magpapahayag sa kanila ng Inyong mga Talata (kapahayagan, aral, katibayan, tanda, atbp.) at magtuturo sa kanila ng Kasulatan (ang Qur'an) at Al-Hikma (Ganap na Karunungan sa Batas

Islamiko, Paghatol at Pagpapasya, pagka-Propeta, atbp.), at Inyong dalisayin sila, sapagkat Kayo lamang ang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Lubos na Maalam".

130. At sino pa kaya ang tumatalikdan sa pananampalataya ni Abraham maliban sa kanya na lumilinlang sa kanyang sarili? Katotohanang siya ay hinirang Namin sa mundong ito at katiyakang sa Kabilang Buhay, siya ay mapapabilang sa mga matutuwid. 131. Pagmasdan! Ang kanyang Panginoon ay nagwika sa kanya: "Isuko mo (ang iyong kalooban sa Akin, maging isang Muslim)." Siya (Abraham) ay nagsabi: "Isinuko ko (ang aking kalooban, bilang isang Muslim) sa Panginoon at Tagapagtaguyod ng lahat ng mga nilalang." 132. At ang (pagtalima at pagsunod na ito kay Allah, ang Islam) ay ipinatupad ni Abraham sa kanyang mga anak na lalaki, (at gayundin ang ginawa) ni Hakob (na nagsasabi): "O aking mga anak (na lalaki)! Si Allah ang humirang para sa inyo ng (tunay) na pananampalataya; kaya't huwag ninyong hayaan na kayo ay pumanaw maliban sa katatayuan ng pagtalima (sa Islam, bilang mga Muslim). 133. Kayo ba ay mga saksi nang ang kamatayan ay tumambad kay Hakob? Pagmasdan, nang kanyang sinabi sa kanyang mga anak (na lalaki): "Ano ang inyong sasambahin kapag ako ay wala na?" Sila ay nagsabi: "Aming sasambahin ang inyong Diyos at ang Diyos ng inyong mga ninuno, nila Abraham, Ismail at Isaac. Sa Isang (Tunay) na Diyos, sa Kanya (lamang) kami tatalima." 134. Sila ang mga tao (pamayanan) na nagsipanaw na. Kanilang tatamasahin ang bunga ng kanilang ginawa, at kayo, ng inyong ginawa! At ikaw ay hindi tatanungin tungkol sa kanilang ginawa.

135. At sila ay nagsasabi: "Maging kayo man ay mga Hudyo

o Kristiyano, magkagayunman, kayo ay mapapatnubayan." Ipagbadya (sa kanila, O Muhammad): "Hindi, sinusunod lamang namin ang pananampalataya ni Abraham, ang Hanifan (Kaisahan ni Allah sa Islam, alalaong baga, ang maging matimtiman at sumamba lamang kay Allah), at siya kailanman ay hindi nagtatambal ng anumang diyos kay Allah." 136. Ipagbadya (O mga Muslim): "Kami ay sumasampalataya kay Allah at sa kapahayagan na ipinagkaloob sa amin, at (sa mga ipinahayag) kay Abraham, Ismail, Isaac, Hakob at sa (labingdalawang) Tribo, at sa mga ipinahayag kay Moises at Hesus at sa mga ipinahayag sa (lahat) ng mga Propeta mula sa kanilang Panginoon. Kami ay hindi nagtatakda sa kanila ng pagtatangi-tangi at kay Allah lamang kami ay tumatalima." 137. Kaya't kung sila ay mananampalataya na katulad ng inyong pananampalataya, katiyakang sila ay nasa tamang landas; datapuwa't kung sila ay tumalikod, sila ang mga tumututol. (Kung gayon) Sapat na si Allah sa inyo laban sa kanila. At Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Tigib ng Kaalaman. 138. (Ang aming Sibghah [pananampalataya]) ay Sibghah (pananampalataya) na nagmula kay Allah (ang Islam) at ano pa kayang pananampalataya ang higit na mainam kaysa (sa itinakda) ni Allah. At Siya lamang ang aming sinasamba. 139. Ipagbadya mo (O Muhammad sa mga Hudyo at Kristiyano): "Kayo ba ay makikipagtalo sa amin tungkol kay Allah, gayong Siya ang aming Panginoon at inyong Panginoon. At kami ay gagantimpalaan sa aming mga gawa, gayundin naman kayo sa inyong mga gawa. At kami ay matapat sa Kanya sa pagsamba at pagtalima". 140. O inyo bang sinasabi na sina Abraham, Ismail, Isaac, Hakob at ang (labindalawang) Tribo

ay mga Hudyo o Kristiyano? Ipagbadya: “Higit ba kayong maalam kaysa kay Allah? At sino pa kaya ang higit na walang katarungan maliban sa kanya na naglilingid ng kanyang pagpapahayag kay Allah?” At si Allah ang nakakaalam ng lahat ninyong ginagawa. 141. Sila ang mga tao (pamayanan) na nagsipanaw na. Tatamasahin nila ang bunga ng kanilang ginawa, gayundin kayo, sa inyong ginawa. At ikaw ay hindi tatanungin kung ano ang kanilang ginawa.

142. Ang mga walang pag-iisip (mga pagano, mapagpaimbabaw, atbp.) sa lipon ng mga tao ay nagsasabi: “Ano ang dahilan kung bakit sila nagpalit ng Qiblah (pook na kung saan sila nakaharap sa pagdarasal, alalaong baga, ang Herusalem), na kung saan sila ay nahirati na sa pagharap sa pagdarasal?” Ipagbadya (O Muhammad): “Si Allah ang nag-aangkin ng Silangan at Kanluran. Pinapatnubayan Niya ang sinumang Kanyang maibigan sa tuwid na landas.” 143. Kaya’t Aming ginawa kayo na isang makatarungan at pinakamainam na Pamayanan upang kayo ay maging mga saksi sa sangkatauhan, at ang Tagapagbalita (Muhammad) ay maging saksi sa inyong sarili. At ginawa Namin ang Qiblah (pook ng pagharap sa pagdarasal, alalaong baga, ang Herusalem) na nakagisnan na ninyong doon humaharap upang (Aming) masubukan ang susunod sa Tagapagbalita (Muhammad), at ang mga tatalikod sa kanilang sakong (susuway sa Tagapagbalita). Katotohanang ito ay mabigat (sa kanilang kalooban), maliban sa kanila na pinatnubayan ni Allah. At kailanman ay hindi hahayaan ni Allah na ang inyong pananampalataya (at pagdalangin) ay mawalan ng saysay. Katotohanang si Allah ay Tigib ng Kabaitan, ang Pinakamaawain sa sangkatauhan.

144. Katotohanang napagmasdan Namin ang pagbaling ng iyong mukha tungo sa kalangitan (O Muhammad). Katiyakang ililingon ka Namin sa isang Qiblah (pook ng pagharap sa pagdarasal) na magbibigay kasiyahan sa iyo, kaya't ilingon mo ang iyong mukha patungo (sa direksyon) ng Banal na Bahay Dalanginan (sa Makkah). At kahit nasaan ka pang lugar, ilingon mo ang iyong mukha (sa pagdarasal) sa gayong lugar. Katiyakan, ang Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ay ganap na nakakaalam na ito ang katotohanan mula sa kanilang Panginoon. At si Allah ang nakakaalam ng kanilang ginagawa. 145. Kahit na iyong dalhin sa Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ang lahat ng Ayat (mga tanda, aral, kapahayagan, katibayan, atbp. nang sama-sama), hindi nila susundin ang iyong Qiblah (pook ng pagharap sa pagdarasal) at hindi mo rin susundin ang kanilang Qiblah (pook ng pagharap sa pagdarasal), gayundin ay hindi nila susundin ang Qiblah (pook ng pagharap sa pagdarasal) ng bawat isa sa kanila. Katotohanan, kung ikaw ay susunod sa kanilang mga pagnanasa matapos na ikaw ay makatanggap ng kaalaman (mula kay Allah), kung magkagayon, ikaw ay maliwanag na (magiging) isa sa Zalimun (mga tampalasan, mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian, atbp.). 146. Sila na Aming pinagkalooban ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ay nakakakilala sa kanya (kay Muhammad, o sa Qiblah o Ka'ba sa Makkah) na katulad ng pagkakakilala nila sa kanilang mga anak na lalaki; datapuwa't may pangkat sa lipon nila na naglilingid ng katotohanan bagama't ito ay kanilang nababatid. 147. (Ito ang) Katotohanan mula sa

inyong Panginoon, kaya't huwag kayong sumama sa mga nag-aalinlangan.

148. Sa bawat bansa (pamayanan) ay mayroong direksyon kung saan nila ibinabaling ang kanilang mukha (sa kanilang pagdalangin). Kaya't magmadali kayo patungo sa lahat ng kabutihan. Kahit nasaan man kayong panig, si Allah ang magtitipon sa inyo (sa Araw ng Muling Pagkabuhay). Katotohanang si Allah ay makakagawa ng lahat ng bagay. 149. At kahit saan mang pook kayo magsimula (sa pagdarasal), ilingon ninyo ang inyong mukha tungo sa direksyon ng Masjid Al Haram (Banal na Bahay Dalanginan sa Makkah). Katiyakang ito ang katotohanan mula sa inyong Panginoon. At si Allah ang nakakaalam ng inyong ginagawa. 150. At kahit saan mang pook kayo magsimula (sa pagdarasal), ilingon ninyo ang inyong mukha tungo sa direksyon ng Masjid Al Haram (Banal na Bahay Dalanginan sa Makkah), at kahit nasaan mang panig kayo, ilingon ninyo ang inyong mukha tungo roon (kung kayo ay magdarasal), upang ang mga tao ay walang maging pagtatalo laban sa inyo, maliban sa kanila na mapaggawa ng kamalian, kaya't sila ay huwag ninyong pangambahan datapuwa't inyong pangambahan Ako! At upang Aking maganap ang Aking paglingap sa inyo at upang kayo ay mapatnubayan. 151. Gayundin naman (upang maging ganap ang Aking paglingap sa inyo), ay Aming isinugo sa inyo ang isang Tagapagbalita (Muhammad) na mula sa inyong lipon na nagpapahayag sa inyo ng Aming Kapahayagan (mga talata ng Qur'an) at nagpapabanal sa inyo at nagtuturo sa inyo ng Aklat (Qur'an) at ng Hikma (Karunungan, Batas Islamiko, Kahatulan at Pagpapasya, Sunna [mga gawa ng Propeta], atbp.) at nagtuturo sa inyo ng

mga hindi ninyo nalalaman (na mga bagong karunungan). 152. Samakatuwid, inyong alalahanin Ako (sa pagdarasal at pagluwalhati). Aalalahanin Ko (rin) kayo. Magkaroon kayo ng damdamin ng pasasalamat sa Akin (sa hindi mabilang na biyaya na ipinagkaloob Ko sa inyo), at huwag magtakwil sa pananampalataya.

153. O kayong nagsisisampalataya! Magsihanap kayo ng tulong sa pagtitiyaga at pananalangin. Katotohanan, si Allah ay nasa (gitna) ng mga matimtiman. 154. At huwag ninyong sabihin sa mga namatay sa Kapakanan ni Allah (Pagtatanggol sa Pananampalataya, katulad ng Jihad [pagsisikap na mapanatili ang Islam maging ito man ay humantong sa pakikidigma]) na "Sila ay patay." Hindi, sila ay buhay datapuwa't hindi ninyo (ito) napag-aakala. 155. At katiyakang kayo ay Aming susubukan sa mga bagay na tulad ng pangamba at pagkagutom, ang ilan ay pagkalugi sa hanapbuhay, pagkawala ng buhay at bunga (ng inyong pinaghirapan), datapuwa't magbigay ng magandang balita sa mga matimtiman sa pagbabata, 156. Na nagsasabi kung sila ay nakakaranas ng kapinsalaan: "Kami ay nagmula kay Allah at sa Kanya ang aming pagbabalik." 157. Sila ang mga tumatanggap ng Salawat (mga biyaya at kapatawaran) mula sa kanilang Panginoon at sila ang tumatanggap ng Habag at sila ang tunay na napapatnubayan.

158. Pagmasdan! Katotohanan, ang As-Safa at Al-Marwa (dalawang bundok sa Makkah) ay ilan sa mga Tanda ni Allah. Kaya't hindi isang kasalanan sa mga nais magsagawa ng Hajj (Pilgrimahe) o Umrah (Maigsing Pilgrimahe) sa Tahanan (ang Ka'ba sa Makkah) na magsagawa ng paglalakad sa pagitan nito (As-Safa at Al-Marwa). At kung

sinuman ang gumawa ng kabutihan sa kanyang sariling kusa, katotohanang si Allah ang Higit na Nakakakilala, ang Ganap na Maalam. 159. Katotohanan, ang mga naglilingid ng maliliwanag na katibayan at patnubay na Aming ipinanaog, matapos na ito ay Aming ginawa na maging maliwanag sa Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano), sila ang mga sinusumpa ni Allah at isinusumpa ng mga manunumpa. 160. Maliban sa mga nagsisisi at nagsisigawa ng kabutihan at lantad na nagpapahayag (ng katotohanan). Sa kanila, Ako ay tatanggap ng kanilang pagtitika. Sapagkat Ako ang Tanging Isa na tumatanggap ng pagtitika, ang Pinakamaawain. 161. Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya at namatay habang sila ay walang pananampalataya, sasakanila ang sumpa ni Allah, gayundin ang sumpa ng mga anghel at ng sangkatauhan (nang sama-sama). 162. Magsisipanatili sila rito (sa ilalim ng sumpa ng Impiyerno); ang kanilang kaparusahan ay hindi pagagaanin, gayundin naman (sila ay hindi bibigyan) ng palugit.

163. At ang inyong Ilah (Diyos) ay Isang Ilah (Diyos). La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), ang Pinakamapagbigay, ang Pinakamaawain. 164. Pagmalasin! Katotohanan, sa pagkakalikha sa mga kalangitan at kalupaan, at sa pagsasalitan ng gabi at araw, at sa mga barko na naglalayag sa karagatan na rito ay may kapakinabangan sa sangkatauhan, at sa ulan na pinamamalisbis ni Allah mula sa alapaap at nakapangyayaring ang kalupaan ay mabuhay mula sa pagiging patay (tigang), at ang lahat ng uri ng mga buhay (at gumagalaw) na nilikha, na rito ay Kanyang ikinalat, at sa pagbabago ng (direksyon ng) hangin

at sa mga ulap na nakalutang sa pagitan ng lupa at langit, ay katiyakang Ayat (mga tanda, katibayan, katunayan, atbp.) sa mga tao na may pang-unawa.

165. Datapuwa't mayroong mga tao na nagtuturing pa ng iba (sa pagsamba) bukod pa kay Allah bilang katambal (sa Kanya). Minamahal nila ito na katulad din ng pagmamahal (nila) kay Allah. Datapuwa't ang may pananampalataya ay may nag-uumapaw na pagmamahal kay Allah. At kung mamamalas lamang ng mga mapaggawa ng kamalian; pagmalasin, kanilang mamamasdan ang kaparusahan, (at mapag-uunawa nila) na si Allah ang naghahawak ng lahat ng kapangyarihan at si Allah ay mahigpit sa kaparusahan. 166. At kung sila na kanilang pinamarisan (at sinunod) ay magpasinungaling (magtatwa o magmaang-maangan) sa mga sumunod sa kanila, at kanilang mamasdan ang kaparusahan, ang lahat ng kanilang pinagsamahan ay mapuputol. 167. At ang mga sumunod (sa kamalian) ay magsasabi: "Kung mayroon man lamang kami kahit na isang pagkakataon na makabalik (sa makamundong buhay), aming itatatwa sila kung paano kami ay kanilang itinatwa." At ipakikita ni Allah ang (bunga) ng kanilang mga gawa na (wala ng iba maliban) sa pagsisisi. At sila ay hindi makakatalilis sa Apoy.

168. O sangkatauhan! Magsikain kayo ng anumang mabuti at pinahihintulutan dito sa kalupaan at huwag ninyong sundan ang mga yapak ni Satanas. Katotohanang siya sa inyo ay lantad na kaaway. 169. (Si Satanas) ay nag-uutos lamang sa inyo kung ano ang masama at kasalanan, at upang kayo ay magsalita nang laban kay Allah sa mga bagay na hindi ninyo nalalaman. 170. At nang ito ay ipagbadya sa

kanila: “Sundin ninyo kung ano ang ipinahayag ni Allah.” Sila ay nagsasabi: “Hindi! Aming susundin ang paraan ng aming mga ninuno.” Ano! (Gagawin ba nila ito!), kahit na ang kanilang mga ninuno ay hungkag sa karunungan at patnubay? 171. Ang nakakahalintulad ng mga tao na nagtatakwil ng pananampalataya ay katulad niya na sumisigaw (sa pulutong ng mga tupa) na walang naririnig kundi tawag at panawagan. (Sila ay mga) bingi, pipi at bulag. Sila ay hungkag sa pang-unawa (at karunungan).

172. O kayong nagsisisampalataya! Magsikain kayo ng mga pinahihintulutang bagay na Aming ipinagkaloob sa inyo at magkaroon ng damdamin ng pasasalamat kay Allah, kung katiyakang Siya ang inyong sinasamba. 173. Ipinagbawal lamang Niya sa inyo ang Maytata (patay na karne o hayop), at dugo, at ang laman (o karne) ng baboy, at (mga hayop) na kinatay bilang sakripisyo (alay) maliban pa kay Allah (alalaong baga, inialay sa mga diyus-diyosan, o hindi binanggit ang Ngalan ni Allah sa sandali ng pagkakatay). Datapuwa’t kung sinuman ang napilitan dahilan sa pangangailangan, na walang pagnanais o paglabag sa pagsuway, kung gayon, ito ay hindi kasalanan sa kanya. Katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 174. Katotohanan, ang mga naglilingid ng mga ipinahayag ni Allah sa Aklat, at bumibili ng maliit na pakinabang sa pamamagitan nito (ng makamundong bagay), wala silang nilulunok sa kanilang mga tiyan kundi ang apoy. Si Allah ay hindi mangungusap sa kanila sa Araw ng Muling Pagkabuhay, gayundin naman ay hindi sila dadalisayin, at kasakit-sakit ang kanilang kaparusahan. 175. Sila ang mga bumibili ng kamalian sa halaga (sa halip) ng Patnubay, at

kaparusahan sa halaga (sa halip) ng Pagpapatawad. Ah! Ano itong katapangan (na kanilang ipinamalas) sa Apoy!
176. Ito'y sa dahilang ipinadala ni Allah ang Aklat (ang Qur'an) sa katotohanan. At katotohanan, ang mga nagsisipagtalo-talo tungkol sa Aklat ay malayong-malayo na sa pagtutol.
177. Hindi isang Al-Birr (kabutihan, kabanalan, katuwiran, at lahat ng gawa ng pagsunod kay Allah, atbp.) na ilingon ninyo ang inyong mukha sa Silangan o Kanluran (sa pananalangin), datapuwa't Al-Birr (ang katangian) ng sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw, at sa mga Anghel, at sa Aklat, at sa mga Tagapagbalita; at gumugugol ng kanyang yaman dahil sa pagmamahal sa Kanya, sa mga kamag-anak, sa mga ulila, sa mga nangangailangan, sa mga naglalakbay (na walang matuluyan), sa mga humihingi, at sa pagpapalaya ng mga alipin; ang maging matimtiman sa pananalangin nang mahinusay (Iqamat-as-Salah), at nagkakaloob ng Zakah (katungkulang kawanggawa), at tumutupad sa kasunduan na kanilang ginawa; at matatag at matiyaga sa matinding kahirapan at karamdaman, at sa lahat ng panahon ng kagipitan (sa pakikibaka o pakikipaglaban sa digmaan). Sila ang mga tao ng katotohanan, at sila ang Al-Muttaqun (mga may pagkatakot kay Allah, matimtiman, matuwid, banal, mabuti, atbp.).
178. O kayong nagsisisampalataya! Ang Qisas (ang Batas ng Pagkakapantay-pantay sa kaparusahan) ay itinalaga sa inyo sa kaso ng pagpatay; ang kalayaan sa kalayaan, ang alipin sa alipin, ang babae sa babae. Datapuwa't kung ang pagpapatawad ay iginawad ng mga kamag-anak (o isa sa kanila) ng napaslang sa kanilang kapatid (ang nakapatay o pumatay) [alalaong baga, huwag patayin ang pumatay

o nakapatay, bagkus ay tumanggap ng kabayaran sa dugo sa kaso ng sinadyang pagpatay] kung gayon, ang mga kamag-anak (ng napatay na tao) ay marapat na humingi ng kabayaran sa dugo sa makatuwirang hiling (kabayaran) at ang nakapatay ay marapat na magbayad at magsukli ng magandang pagtingin ng pasasalamat. Ito ay isang kaginhawahan (pagpapalubag ng loob) at habag mula sa inyong Panginoon. At matapos ito, sinumang lumagpas sa hangganan (at nagmalabis, alalaong baga, ang pumatay sa nakapatay matapos na tanggapin ang kabayaran sa dugo), siya ay tatanggap ng kasakit-sakit na kaparusahan. 179. At sa Al-Qisas (Batas ng Pagkakapantay-pantay sa kaparusahan) ay mayroong (pagliligtas) ng buhay sa inyo, o kayong mga tao na may pang-unawa, upang kayo ay maging Al-Mutaqqun (magkaroon ng kabanalan, kabutihan, katuwiran, atbp.). 180. Ito ay itinatalaga sa inyo: kung ang kamatayan ay sumapit sa isa sa inyo, at kung siya ay nakaiwan ng kayamanan; na siya ay magpamana sa (kanyang) magulang at malalapit na kamag-anak ng ayon sa katamtamang paraan (o paggamit). Ito ay isang tungkulin ng Al-Muttaqun (mga may damdamin ng kabanalan at katuwiran). 181. At kung sinuman ang magbago ng pamana matapos na ito ay marinig, ang kasalanan ay manggagaling sa bumago (o nagpalit) nito. Katotohanang si Allah ang Lubos na Nakakarinig, ang Ganap na Nakakaalam. 182. Datapuwa't kung sinuman ang may pangangamba sa hindi makatwiran o kamalian na nagawa ng sumulat ng habilin, at kanyang pinagkasundo at pinayapa ang mga sangkot na tao, wala siyang kamalian o kasalanan dito.

Katiyakang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamawain.

183. O kayong nagsisisampalataya! Ang pag-aayuno ay iginawad sa inyo na kagaya rin naman nang pagtatalaga sa mga nangauna sa inyo, upang kayo ay maging Al-Muttaqun (magkaroon ng pagpipigil sa sarili, may kabanalan, kabutihan, katuwiran, kataimtiman, atbp.). 184. (Magsipag-ayuno) kayo sa natatakdaang bilang ng araw; datapuwa't kung sinuman sa inyo ang may karamdaman o naglalakbay, (ito ay maaaring ipagpaliban), at ang natatakdaang araw (ay dapat na bayaran) sa mga darating na panahon. At sa mga nag-aayuno (na walang kakayahan, halimbawa'y dahil sa katandaan), sila ay may kabayaran na magpakain ng isang naghihikahos na tao (sa bawat araw). Datapuwa't siya na magbibigay pa ng higit dito ayon sa kanyang kagustuhan, ito ay higit na mainam sa kanya. Higit na mabuti sa inyo ang mag-ayuno, kung inyo lamang nalalaman. 185. Ang Ramadhan ang buwan nang ipinahayag ang Qur'an, isang patnubay sa sangkatauhan, gayundin naman ay isang maliwanag (na Tanda o Katibayan) at ang Pamantayan (pamamatnubay at paghatol sa pagitan ng tama at mali). Sinuman sa inyo na namamalagi (sa kanyang tahanan at nakakita ng duklay ng buwan sa unang gabi), ay nararapat na mag-ayuno sa buwan na ito, datapuwa't kung sinuman ang may karamdaman o naglalakbay, (ito ay maaaring ipagpaliban) at ang natatakdaang araw (ay marapat na bayaran) sa mga darating na panahon. Si Allah ay nagnanais na ang lahat ay maging magaan sa inyo; ayaw Niyang ilagay kayo sa kahirapan. (Nais Niyang) tapusin ninyo ang natatakdaang araw, at luwalhatiin Siya (katulad ng pagsasabi ng 'Pinakadakila si

Allah') sapagkat Kanyang pinatnubayan kayo; upang kayo ay magkaroon ng damdamin ng pasasalamat sa Kanya.

186. At kung ang Aking mga alipin ay magtanong sa iyo (O Muhammad) tungkol sa Akin, kung gayon (sila ay iyong sagutin): "Tunay na Ako ay malapit (sa kanila); Ako ay tumutugon sa panawagan ng bawat nananawagan kung siya ay tumatawag sa Akin." Hayaan ding sila ay tumalima sa Akin at manampalataya sa Akin; upang sila ay magsitahak sa tuwid na landas. 187. Pinahihintulutan kayo sa gabi ng pag-aayuno na inyong sipingan ang inyong asawa. Sila ang inyong Libas (pangbalabal sa katawan, o saplot o Sakun [kasiyahan na mamuhay sa kanyang piling]), gayundin naman sila sa inyo. Si Allah ang nakakabatid ng mga ginagawa ninyong pandaraya sa inyong sarili, kaya't bumaling Siya sa inyo (at tumanggap ng inyong pagsisisi) at (Kanyang) pinatawad kayo. Kaya't makipag-ulayaw kayo sa kanila at inyong hanapin ang itinalaga ni Allah sa inyo (na mga supling), at kumain kayo at uminom hanggang ang maputing hibla ng pagbubukang liwayway (pagdatal ng liwanag) ay maging lantad kaysa sa hiblang itim (kadiliman ng gabi); at inyong tapusin ang pag-aayuno hanggang sa dumatal ang gabi; datapuwa't huwag kayong makipag-ulayaw sa inyong asawa kung kayo ay nasa (kalagayan) ng I'tikaf (alalaong baga, ang pamamalagi sa pag-aala-ala at pananalangin kay Allah at paglisan sa lahat ng mga makamundong gawain) sa loob ng moske (bahay dalanginan), ito ang mga pagbabawal na itinalaga ni Allah, kaya't sila ay huwag ninyong lapitan (o sipingan). Kaya't sa ganito ay hinahayaan ni Allah na maging maliwanag ang Kanyang Ayat (mga tanda, aral, kapahayagan, katibayan, atbp.) sa sangkatauhan upang

kayo ay maging Al-Muttaqun (magkaroon ng kabanalan, damdamin ng katuwiran, kabutihan, atbp.). 188. At huwag ninyong pag-imbutan ang mga pag-aari (o ari-arian) ng iba ng walang katarungan, gayundin naman ay huwag kayong magbigay ng suhol sa sinumang namamahala (o hukom) upang inyong makamkam sa kamalian (ng may kaalaman) ang ilang bahagi ng pag-aari ng iba.

189. Sila ay nagtatanong sa iyo (O Muhammad) tungkol sa mga bagong buwan. Ipagbadya: "Ito ay mga tunay na tanda upang tandaan (o bilangin) ang mga natatakdaang panahon sa buhay ng sangkatauhan at para sa pilgrimahe (pagdalaw sa Banal na Bahay Dalanginan sa Makkah). Hindi isang Al-Birr (kabutihan, katuwiran, kabanalan, atbp.) na magsipasok kayo sa likuran ng bahay datapuwa't isang Al-Birr (kabutihan, atbp.) na mangamba kayo kay Allah. Kaya't magsipasok kayo sa mga tamang pinto at inyong pangambahan si Allah upang kayo ay magsipagtagumpay. 190. At makipaglaban kayo tungo sa Kapakanan ni Allah sa kanila na nakikipaglaban sa inyo, datapuwa't huwag ninyong labagin ang hangganan, sapagkat si Allah ay hindi nagmamahal sa mga nagmamalabis (sa pagsuway). [Ang talatang ito ay siyang unang ipinahayag tungkol sa Jihad (pakikidigma dahil sa Islam), ngunit ito ay kinatigan ng isa pang talata sa Surah 9:36]. 191. At inyong patayin sila, saan man sila ay inyong matagpuan at inyong itaboy sila kung saan kayo ay kanilang itinaboy; sapagkat ang kawalan ng pananampalataya ay higit na masama sa pagpatay. At sila ay huwag ninyong labanan sa Banal na Bahay Dalanginan (Masjid Al-Haram), maliban na sila (ay manguna) na kayo ay labanan. Datapuwa't kung kayo ay lusubin nila,

sila ay inyong patayin. Ito ang kabayaran ng walang pananampalataya. 192. Datapuwa't kung sila ay tumigil, si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 193. At sila ay inyong labanan hanggang sa mapalis ang Fitnah (kawalan ng pananalig at pagsamba sa iba maliban pa kay Allah) at (ang lahat at bawat uri) ng pagsamba ay matuon lamang kay Allah. Datapuwa't kung sila ay maglubay, huwag hayaang magkaroon ng paglalaban at paglabag maliban sa Zalimun (mga tampalasan, mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian).

194. Ang banal na buwan ay tangi sa banal na buwan, at sa mga ipinagbabawal na bagay ay mayroong Batas ng Pagkakapantay-pantay (Qisas). Kaya't sinuman ang nagmalabis (sa hangganan) ng mga ipinagbabawal laban sa inyo, kung gayon, kayo ay lumabag din laban sa kanya. Datapuwa't pangambahan ninyo si Allah at inyong alalahanin na si Allah ay nasa panig ng Al-Muttaqun (mga may kabanalan, mabuti at matuwid na tao). 195. At gumugol kayo sa Kapakanan ni Allah at huwag ninyong hayaan na ang inyong sariling mga kamay ang maghantong sa (inyong) pagkawasak, datapuwa't magsigawa kayo ng kabutihan; sapagkat si Allah ay nagmamahal sa mga gumagawa ng kabutihan.

196. At inyong isagawa nang maayos ang Hajj (Pilgrimahe) at Umrah (Maigsing Pilgrimahe) sa paglilingkod kay Allah. Datapuwa't kung kayo ay nagkaroon ng sagabal (upang magampanan ang lahat ng ito), kayo ay mag-alay ng Hady (ang hayop, tulad ng tupa, baka, atbp.) ayon sa inyong kakayahan at huwag ninyong ahitin ang inyong ulo hanggang ang inyong Hady ay hindi pa nakakarating

sa pook ng pag-aalay. At kung sinuman sa inyo ang may sakit, o may karamdaman sa kanyang anit (na kailangang ahitin), siya ay nararapat na magbayad ng Fidya (pantubos o panghalili); maaaring siya ay mag-ayuno (ng tatlong araw), o magpakain ng mahirap (anim na katao) o mag-alay (ng isang tupa). At kung ikaw ay nasa (katayuang muli) ng kaligtasan, sinuman ang magsagawa (o magpatuloy) ng Umrah hanggang Hajj sa buwan ng Hajj, siya ay nararapat na maghandog ng alay ayon sa kanyang kakayahan, datapuwa't kung wala siyang kakayahan ay nararapat na siya ay mag-ayuno ng tatlong araw sa panahon ng Hajj at pitong araw pagkauwi niya, ganap na sampung araw sa lahat-lahat. Ito ay para (sa kanila) na ang mga pamilya ay (hindi nakatira sa loob ng hangganan) ng Banal na Bahay Dalanginan. At inyong pangambahan si Allah at inyong maalaman na si Allah ay mahigpit sa kaparusahan. 197. Ang Hajj (Pilgrimahe) ay (nasa loob) ng mga bantog na buwan (alalaong baga, ang pansampu, panlabing-isa at unang sampung araw ng panlabingdalawang buwan ng kalendaryong Islamiko, alalaong baga, dalawang buwan at sampung araw). Kaya't kung sinuman ang magpasyang magsagawa ng Hajj (Pilgrimahe), dito (na ang pasimula ay ang pagsusuot ng Ihram, alalaong baga, kasuutan na pang-Pilgrimahe), kung gayon, hindi marapat na siya ay makipag-ulayaw sa kanyang asawa, at huwag gumawa ng kasalanan at huwag ding makipagtalo ng walang katarungan sa panahon ng Hajj. At anumang mabuti ang inyong gawin, (huwag magkaroon ng alinlangan), si Allah ang nakakatalos ng mga ito. At kayo ay magbaon ng inyong ikabubuhay, datapuwa't ang higit na mainam na baon ay Taqwa (kabutihan, kabanalan,

pangangamba at pagkatakot kay Allah, atbp.). Kaya't Ako ay pangambahan ninyo, O kayong mga tao na may pang-unawa!

198. Hindi isang kasalanan sa inyo kung kayo ay magsihanap ng Biyaya ng inyong Panginoon (sa panahon ng Pilgrimahe). At kung kayo ay paalis na sa (Bundok ng) Arafat, inyong ipagdiwang ang pagluwalhati sa (inyong) Panginoon sa Banal na Dambana (Muzdalifa) at ipagbunyi ang Kanyang papuri sapagkat kayo ay Kanyang pinatnubayan, bagama't sa simula nito, kayo ay napaligaw. 199. At kayo ay magbalik mula sa pook kung saan ang karamihan ng lahat ay maaaring magsama-sama at kayo ay manawagan kay Allah sa Kanyang kapatawaran. Katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 200. Kaya't kung matapos na ninyo ang mga ritwal (ang lahat ng seremonya at tungkulin ng Hajj), inyong ipagbunyi ang mga papuri kay Allah. Alalahanin ninyo si Allah kung paano ninyo ginugunita ang inyong mga ninuno o higit pa ritong pag-aala-ala (sa puso at kaluluwa). Mayroon (sa karamihan) ng mga tao ang nagsasabi: "Aming Panginoon! Ipagkaloob Ninyo sa amin (ang Inyong biyaya) sa mundong ito!" Datapuwa't sila ay walang bahagi sa Kabilang Buhay. 201. At mayroon (sa karamihan) ng mga tao ang nagsasabi: "Aming Panginoon! Inyong pagkalooban kami ng mabuti sa mundong ito at ng mabuti sa Kabilang Buhay, at Inyong iadya kami sa kaparusahan ng Apoy!" 202. Sa kanila ay igagawad ang bahagi ng kanilang pinagsumikapan; at si Allah ay Maagap sa Pagsusulit. 203. At alalahanin si Allah sa panahon ng Natatakdaang Araw (ang tatlong araw na ang mga tao ay namamalagi sa Mina sa panahon ng Hajj;

sa panlabing-isa, panlabingdalawa at panlabingtatlong araw ng buwan ng Dhul-Hijjah sa pagsasabi nang malimit ng Allahu Akbar {si Allah ang Pinakadakila sa lahat} at habang nagkakatay ng Hady (pangsakripisyong hayop) at sa panahon ng Ramy ng Jamarat {simbolikong pagpupukol ng mga bato sa mga burol bilang pagtatakwil kay Satanas}), datapuwa't kung sinuman ang magmadali na lumisan (pagkaraan) ng dalawang araw, ito ay hindi isang kamalian sa kanya at sinumang magpaiwan, ito ay hindi kasalanan sa kanya kung ang kanyang layunin ay gumawa ng kabutihan at tumalima kay Allah, at inyong maalaman na katotohanang kayo ay titipunin tungo sa Kanya.

204. At mayroong uri ng tao na ang kanyang pananalita sa buhay sa mundong ito ay nakakaakit sa iyo (O Muhammad), at siya ay nananawagan kay Allah na maging saksi kung ano ang nasa kanyang puso, datapuwa't siya ang pinakapalaaway sa mga umuusig. 205. At kung siya ay tumalikod na sa iyo (O Muhammad), ang kanyang pagsisikhay sa kalupaan ay upang gumawa rito ng katampalasanan at kanyang wasakin ang mga pananim at hayupan, datapuwa't si Allah ay hindi nagmamahal sa mga kabuktutan. 206. At kung sa kanya ay ipinagbabadya: "Pangambahan si Allah", siya ay humahantong sa kapalaluan (sa higit na maraming) kabuktutan. Sapat na sa kanya ang Impiyerno, at tunay namang kasuklam-suklam ang pook na ito para panahanan! 207. At mayroong isang uri ng tao na iniaalay niya ang kanyang buhay upang makamtan ang kasiyahan ni Allah; at si Allah ay Tigib ng Kabaitan sa Kanyang mga lingkod.

208. O kayong nagsisisampalataya! Magsipasok kayo sa Islam (pagsunod, pagtalima, pagsuko sa lahat ng mga

kautusan ni Allah) at huwag ninyong sundin ang mga yapak ni Satanas, sapagkat tunay ngang siya ang inyong lantad na kaaway! 209. At kung kayo ay magbalik muli (sa kawalan ng pananalig) matapos ang maliwanag na mga Tanda (si Propeta Muhammad, ang Qur'an at Islam) ay dumatal sa inyo, kung gayon, inyong maalaman na si Allah ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakamaalam. 210. Sila baga ay naghihintay sa anuman, maliban pa na si Allah ay dumatal sa kanila sa lilim ng mga ulap at kasama (Niya) ang mga anghel at ang katanungan (ay mapagpasyahan)? Datapuwa't ang lahat ng katanungan ay nagbabalik lahat kay Allah (upang hatulan). 211. Inyong tanungin ang Angkan ng Israel kung gaano karami ang maliliwanag na Ayat (mga tanda, aral, kapahayagan, katibayan, atbp.) na Aming ipinadala sa kanila. Datapuwa't kung sinuman, matapos na ang Paglingap ni Allah ay sumakanya, ay magpalit nito (alalaong baga, bumalik sa kawalan ng pananalig at tumalikdan sa Relihiyon ni Allah, ang Islam), kung gayon, katotohanang si Allah ay Mahigpit sa Kaparusahan. 212. Ang buhay sa mundong ito ay kaakit-akit sa mga hindi sumasampalataya at sila ay nanunuya sa mga sumasampalataya. Datapuwa't sila na sumusunod sa mga Pag-uutos ni Allah at umiiwas sa mga bagay na Kanyang ipinagbabawal ay mangingibabaw sa kanila sa Araw ng Muling Pagkabuhay; sapagkat si Allah ang nagkakaloob ng Kanyang Biyaya (Pagpapala, Kasaganaan, Karangalan, atbp. sa Araw ng Muling Pagkabuhay) nang walang sukat sa sinumang Kanyang naisin.

213. Ang sangkatauhan ay isang pamayanan lamang at si Allah ang nagsusugo ng mga Tagapagbalita na may taglay na magandang balita at paala-ala; at sa kanila ay

Kanyang ipinagkaloob ang Aklat sa katotohanan upang kanilang mahatulan ang mga tao sa mga bagay na hindi nila pinagkakasunduan; datapuwa't ang Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano), matapos ang maliwanag na mga Katibayan (tanda, aral, kapahayagan, atbp.) ay dumatal sa kanila, ay hindi (lamang) nagkaiba-iba sa kanilang mga sarili, (bagkus), tangi pa rito, ay (sa kanilang) makasariling paghihimagsik. Si Allah, sa pamamagitan ng Kanyang Biyaya ay namatnubay sa mga sumasampalataya sa Katotohanan tungkol sa mga bagay na hindi nila pinagkakasunduan. Sapagkat si Allah ang namamatnubay sa sinumang Kanyang maibigan sa Tuwid na Landas. 214. At kayo ba ay nag-aakala na kayo ay magsisipasok sa Halamanan (ng Kaligayahan) ng walang anumang (pagsubok) na katulad ng dumatal sa mga nangauna sa inyo? Sila ay nakaranas ng mga matinding kahirapan at karamdaman at lubha silang nawalan ng katatagan, na maging ang Tagapagbalita at ang mga naniniwala na kasama niya ay nagsabi: "Kailan pa kaya daratal ang Paglingap ni Allah?" Tunay nga! Walang pagsala, ang Tulong ni Allah ay nandiriyan na!

215. Itinatanong nila sa iyo (O Muhammad) kung ano ang kanilang dapat gugulin (sa kawanggawa). Ipagbadya: "Anumang kayamanan na inyong gugulin mula sa mabuti ay para sa mga magulang at kamag-anak, at sa mga ulila, at sa mga humihingi at sa mga naglalakbay (na walang masilungan). At anuman ang inyong ginawa na mabuti, tunay na talastas ito ni Allah." 216. Ang Jihad (ang banal na pakikipagpunyagi sa Islam) ay ipinag-utos sa inyo (O mga Muslim) bagama't ito ay hindi ninyo nais; maaari na hindi ninyo naiibigan ang isang bagay na mainam sa inyo at

naiibigan naman ninyo ang isang bagay na masama sa inyo. Datapuwa't si Allah ang nakakaalam at ito ay hindi ninyo nalalaman.

217. Sila ay nagtatanong sa iyo tungkol sa pakikipaglaban sa mga banal na buwan (ang una, pampito, panlabing-isa at panlabingdalawang buwan ng Kalendaryong Islamiko). Ipagbadya: "Ang pakikipaglaban dito ay isang matinding pagsuway (at pagmamalabis), datapuwa't ang higit na pagsuway sa Paningin ni Allah ay ang pagpigil sa sangkatauhan na sumunod sa Landas ni Allah, ang hindi manampalataya sa Kanya, at pumigil na makapasok sila sa Banal na Bahay Dalanginan (Masjid Al-Haram sa Makkah) at itaboy ang nagsisipanirahan dito, at ang Al-Fitnah (kawalan ng pananampalataya at pagsamba sa mga diyus-diyosan) ay higit na masama sa pagpatay. At sila ay hindi kailanman titigil sa pakikipaglaban sa inyo hanggang sa kayo ay kanilang mailugso (mailigaw) sa inyong Relihiyon (Paniniwala sa Iisang Diyos at sa Islam) hangga't kanilang magagawa. At sinuman sa inyo ang tumalikod sa kanyang Pananampalataya at mamatay na walang pananalig, kung gayon, ang kanyang mga gawa ay mawawala sa mundong ito at sa Kabilang Buhay, at sila ang magsisipanirahan sa Apoy. Sila ay mananahan dito magpakailanman.

218. Katotohanan, ang mga nagsisampalataya at mga nagsilikas (dahilan sa Pananampalataya ni Allah, ang Islam) at nagsikap na mainam tangi sa Kapakanan ni Allah, sila ay mayroong pag-asa ng Habag ni Allah; at si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

219. Sila ay nagtatanong sa iyo (O Muhammad) tungkol sa nakalalasing na inumin at ang pagsusugal. Ipagbadya:

"Sa mga ito ay mayroong malaking kasalanan at ilang kapakinabangan sa mga tao; datapuwa't ang kasalanan ay higit sa kapakinabangan." At itinatanong nila sa iyo kung magkano ang dapat nilang gugulin (sa kawanggawa). Ipagbadya: "Kung ano ang lumalabis sa inyong pangangailangan." Kaya't sa ganito ginawa ni Allah na maging maliwanag sa inyo ang Kanyang mga Batas upang kayo ay magkaroon ng pang-unawa - (ang kautusan sa talatang ito tungkol sa nakalalasing na inumin at pagsusugal ay sinusugan [o pinawalang bisa] sa pamamagitan ng talata sa Surah 5:90), 220. Sa buhay sa mundong ito at sa Kabilang Buhay. At sila ay nagtatanong sa iyo tungkol sa mga ulila. Ipagbadya: "Ang pinakamainam sa lahat ay pangalagaan nang matapat ang kanilang ari-arian at kung pagsamahin ninyo ang inyong mga gawain sa kanila, sila ay inyong mga kapatid. At siya na may pag-iimbot (sa ari-arian) at siya na ang pagnanais ay mabuti (na pangalagaan ang ari-arian) ay nababatid ni Allah." At kung ninais lamang ni Allah, maaari Niyang ilagay kayo sa kagipitan. Katotohanang si Allah ang Pinakamakapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

221. At huwag ninyong pangasawahin ang Al-Mushrikah (walang pananampalatayang babae kay Allah, pagano, mapagsamba sa mga diyus-diyosan) hanggang sa sila ay manampalataya. Katiyakan, ang isang aliping babae na nananampalataya ay higit na mainam sa isang (malaya) datapuwa't walang pananampalatayang babae kahit na nga siya ay nakakaganyak sa inyo. Huwag din ninyong ipangasawa ang inyong kababaihan sa Al-Mushrikun (walang pananampalatayang lalaki kay Allah, pagano, mapagsamba sa mga diyus-diyosan) hanggang

sa sila ay manampalataya. Katotohanan, ang isang nananampalatayang lalaki ay higit na mainam kaysa sa isang (malaya), ngunit walang pananampalatayang lalaki, kahit na nga siya ay nakakaganyak sa inyo. Ang mga mapagsamba sa diyus-diyosan (Al-Mushrikun) ay nag-aanyaya sa inyo sa Apoy, datapuwa't si Allah ay nag-aanyaya (sa inyo) sa Paraiso at Pagpapatawad ayon sa Kanyang Kapasiyahan at ginawa Niyang maliwanag ang Kanyang Ayat (mga tanda, aral, kapahayagan, katibayan, atbp.) sa sangkatauhan upang sila ay tumanggap ng paala-ala. [222.] Sila ay nagtatanong sa iyo tungkol sa pagreregla ng mga babae. Ipagbadya: "Ito ay isang Adha (masamang bagay sa isang lalaki na makipag-ulayaw sa kanyang asawa), kaya't manatiling malayo sa mga babae sa kanilang pagreregla at huwag ninyo silang lapitan (o makipagniig) hanggang sa sila ay hindi malinis (sa pagreregla at nakapaligo na). At kung napadalisay na nila ang kanilang sarili, kung gayon, sila ay inyong lapitan sa paraan na ipinag-utos ni Allah (makipag-ulayaw sa kanila sa anumang paraan hangga't ito ay nasa loob ng kanilang kaluba). Katotohanang si Allah ay tunay na nagmamahal sa mga nagbabalik loob sa Kanya sa pagsisisi at nagmamahal sa kanila na nagpapadalisay ng kanilang sarili (naliligo at naghuhugas na mabuti ng kanilang katawan at maseselang bahagi bilang paghahanda sa pagdarasal, atbp.). [223.] Ang inyong mga asawa ay isang taniman ng binhi kaya't makipagniig sa inyong mayamang taniman sa anumang paraan na inyong naisin (makipagniig kayo sa inyong mga asawa hangga't ito ay nasa loob ng kanilang kaluba at hindi sa likuran), kung kailan at paano ninyo ibig, datapuwa't umusal ng mabuting gawa (manalangin na pagkalooban

kayo ng mabuting mga supling) para sa inyong mga sarili; at inyong pangambahan si Allah at inyong maalaman na Siya ay inyong makakatipan (sa Kabilang Buhay), at iyong ibigay (O Muhammad) sa mga sumasampalataya ang magandang balita.

224. At huwag ninyong gamitin (ang Ngalan) ni Allah bilang dahilan sa inyong mga panunumpa (pamamanata), na makapigil sa inyong paggawa ng kabutihan, o makagawa ng kabanalan at magbigay ng kapayapaan sa sangkatauhan; sapagkat si Allah ang Tanging Isa na Ganap na Nakakarinig at Lubos na Nakakaalam ng lahat ng bagay (alalaong baga, huwag manumpa nang labis at kung kayo ay nakapanumpa nang laban sa paggawa ng bagay na mabuti, kung gayon, magbigay ng kabayaran para sa sumpa at gumawa ng mabuti). 225. Si Allah ay hindi tatawag sa inyo upang magsulit sa mga panunumpa na hindi ninyo kusang ginawa datapuwa't kayo ay Kanyang tatawagin upang magsulit sa mga naging layon ng inyong puso, at Siya ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamapagpaumanhin. 226. Ang mga nagsigawa ng panata na hindi makikipagtalik sa kanilang mga asawa ay nararapat na maghintay ng apat na buwan, ngunit kung sila ay magbalik (magbago ang kanilang pasya sa loob ng ganitong panahon), katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 227. At kung sila ay magpasya sa pakikipaghiwalay (diborsyo), kung gayon, si Allah ang Lubos na Nakakarinig at Ganap na Nakakabatid ng lahat ng bagay. 228. Ang mga nahiwalay (nadiborsyong) babae ay maghihintay (tungkol sa kanilang pagsasama) ng tatlong buwanang dalaw (pagreregla); at hindi maka-Diyos (marapat) sa kanila na ilingid ang nilikha ni Allah sa kanilang

sinapupunan kung sila ay sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw. At ang kanilang asawa (ang lalaki) ang may higit na karapatan na balikan (o kunin) sila sa panahong ito kung sila ay nagnanais ng pakikipagbalikan (pakikipagkasundo). At sila (ang kababaihan) ay mayroong karapatan (sa kanilang asawa na sila ay pangalagaan, katulad ng gastusin sa bahay, atbp.), gayundin naman (ang kalalakihan) sa kanilang (mga babae) pakikitungo (pagsunod at paggalang), sa paraang makatuwiran, datapuwa't ang kalalakihan ay nakakahigit sa kanila (sa pananagutan), at si Allah ang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Lubos na Maalam.

229. Ang paghihiwalay (diborsyo) ay pinahihintulutan lamang nang dalawang ulit; pagkaraan nito, ang dalawang panig ay dapat na magsamang (muli) sa makatuwirang kasunduan o maghiwalay sila nang matiwasay. Hindi maka-Diyos (o marapat) sa inyo (O kalalakihan) na bawiin ang anumang Mahr (handog o dote na ibinigay ng lalaki sa kanyang mapapangasawa sa panahon ng pag-aasawa o kasal) na inyong ibinigay sa kanila, maliban na lamang kung ang dalawang panig ay nangangamba na hindi nila masusunod ang takdang utos ni Allah (alalaong baga, hindi magiging makatuwiran sa isa't isa). Kaya't kung kayo ay nangangamba na hindi ninyo mapapanatili ang mga takdang utos ni Allah, hindi isang kasalanan sa bawat isa sa kanila kung kanyang ibalik (ang Mahr o dote o bahagi nito) para sa paghihiwalay (diborsyo) na Al-Khul (ang paghiwalay ng babae sa kanyang asawa sa pamamagitan ng isang tanging kabayaran). Ito ang mga katakdaan na itinalaga ni Allah, kaya't huwag kayong sumuway dito. At sinumang sumuway sa katakdaang itinalaga ni Allah, kung gayon, sila ay Zalimun (mga

tampalasan, mapaggawa ng kamalian, atbp.). 230. At kung siya (ang babae) ay kanyang hiniwalayan (diniborsyo) sa pangatlong pagkakataon, pagkaraan nito, siya (ang babae) ay hindi niya (uli) maaaring mapangasawa, maliban na lamang na siya ay mag-asawa sa ibang lalaki (at ang lalaking ito) ay hiniwalayan (diniborsyo) siya. Sa ganito, hindi isang kasalanan sa kanila kung sila ay muling magsama, kung inaakala nila na kanilang mapapanatili ang katakdaan na ipinag-uutos ni Allah. Ito ang mga katakdaan ni Allah na Kanyang ginawa na malinaw sa mga may kaalaman. 231. At kung inyo nang nahiwalayan (nadiborsyo) ang kababaihan at (malapit) na nilang matupad ang kondisyon ng Iddat (natatakdaang araw ng paghihintay), sila ay maaari ninyong balikan (o kunin) sa makatuwirang paraan o hayaan silang maging malaya sa makatuwirang paraan. Datapuwa't sila ay huwag ninyong kuning muli upang sila ay pasakitan, at sinumang gumawa nito ay nagbigay kamalian sa kanyang sarili. At huwag ninyong ituring ang mga Talata (Batas) ni Allah bilang isang katuwaan, datapuwa't alalahanin ninyo ang mga Pabuya ni Allah (alalaong baga, ang Islam) sa inyo, at ang Katotohanan na Kanyang ipinadala sa inyo sa Aklat (ang Qur'an) at Al-Hikmah (ang Karunungan, mga turo ni Propeta Muhammad at mga Batas, atbp.) tungo sa inyong patnubay. At inyong pangambahan si Allah at inyong maalaman na si Allah ang Ganap na Nakakatalos ng lahat ng bagay.

232. At kung inyo nang nahiwalayan (nadiborsyo) ang kababaihan at kanila nang natupad ang mga kailangan ng natatakdaang araw, sila ay huwag ninyong hadlangan na mapangasawang muli ang kanilang (una o dating) asawa,

kung sila ay kapwa nagkasundo sa makatuwirang paraan. Ang ganitong (pag-uutos) ay isang pagpapaala-ala sa kanya sa lipon ninyo na sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw. Ito ay higit na kabanalan at kadalisayan sa inyo. Si Allah ang nakakabatid at kayo ay walang kaalaman. 233. Ang mga ina ay magpapasuso sa kanilang mga anak sa loob ng dalawang taon, (ito ay) para (sa mga magulang) na nagnanais na ganapin ang natatakdaang panahon ng pagpapasuso, datapuwa't ang ama ng bata ang siyang mananagot sa halaga ng pagkain at kasuutan ng ina sa katamtamang paraan. Walang sinumang tao ang papatawan ng dalahin ng higit sa kanyang kakayahan. Walang sinumang ina ang pakikitunguhan nang hindi makatuwiran dahilan lamang sa kanyang anak, gayundin ang ama, dahilan lamang sa kanyang anak. At sa tagapagmana (ng ama) ay kapanagutan sa kanya (ang anak) ang katulad (ng kung ano ang kapanagutan ng ama). Kung sila ay kapwa nagpasya sa pag-awat (sa pagpapasuso) sa kanya, sa magkapanabay na pahintulot, ito ay hindi kasalanan sa kanilang dalawa. At kung kayo ay nagpasya na mayroong isa na mag-alaga at magpasuso (bilang) ina sa inyong mga anak, ito ay hindi kasalanan sa inyo, ngunit kailangan ninyong bayaran (ang nagpasusong ina) kung ano ang inyong pinagkasunduan (na ibigay sa kanya) sa makatuwirang paraan. At inyong pangambahan si Allah at inyong maalaman na si Allah ang Ganap na Nakakamasid ng inyong ginagawa.

234. At sa inyo na pumanaw at nakaiwan ng asawa, sila (na mga babaeng balo) ay maghihintay (tungkol sa kanilang naging pagsasama) sa loob ng apat na buwan at sampung araw, at kung kanilang naganap na ang natatakdaang araw,

hindi isang kasalanan sa inyo kung sila (balong babae) ay magpasya sa kanilang sarili sa makatuwiran at marangal na paraan (alalaong baga, ang makapag-asawang muli). At si Allah ang Ganap na Nakakatalos ng inyong ginagawa. 235. Hindi kasalanan sa inyo kung kayo ay magpahiwatig ng kasunduang magpakasal o ilingid ninyo ito sa inyong sarili. Si Allah ang nakakabatid na ito ay inaasam-asam ninyo sa inyong puso; datapuwa't huwag kayong mangako ng kasunduan sa kanila sa lingid, maliban na kayo ay mangusap sa kanila sa marangal na pagsasalita ayon sa Batas Islamiko. At huwag ninyong gawing ganap ang pag-aasawa hangga't ang natatakdaang araw ay hindi pa natatapos. At inyong maalaman na nababatid ni Allah ang nasa inyong isipan, kaya't pangambahan Siya. At inyong maalaman na si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamapagpaumanhin. 236. Hindi isang kasalanan sa inyo kung inyong hiwalayan (diborsyuhin) ang kababaihan kahit na sila ay hindi pa ninyo nakakaulayaw o hindi pa naibibigay ang Mahr (dote o handog na ibinibigay ng lalaki sa babae sa panahon ng pag-aasawa). Datapuwa't sila ay inyong gawaran (ng angkop na handog), ang mayaman ng ayon sa kanyang kakayahan, at ng mahirap ng ayon sa kanyang kakayahan; ang isang handog sa makatuwirang halaga ay nanggagaling sa kanya na nagnanais na gumawa ng mabuti. 237. At kung sila (ang kababaihan) ay inyong hiniwalayan (dinoborsyo) bago pa sila ay inyong makaulayaw, datapuwa't pagkaraan na ang Mahr (dote o handog) ay napagpasyahan na, kung gayon, ang kalahati ng Mahr (dote o handog) ay nalalaan sa kanila, maliban na lamang (kung ang kababaihan) ay pumayag na hayaan na lamang (sa lalaki) ito, o kung (ang lalaki) ay

pumayag na hayaan na lamang (sa babae) ang lahat ng ito. At ang magparaya at magbigay (sa kanya ng buong Mahr [dote o handog]) ay higit na malapit sa kabanalan. At huwag ninyong kaligtaan ang pagiging mapagparaya sa inyong sarili. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakakamasid ng inyong ginagawa.

238. Inyong pangalagaan na mainam ang inyong pagdarasal, tangi na rito ang Panggitnang Panalangin (alalaong baga, ang Asr o panghapong pagdarasal). At kayo ay tumindig sa harapan ni Allah ng may pagtalima. 239. At kung kayo ay nangangamba (sa isang kaaway), kung gayo'y manatiling nakatindig sa pagdarasal o habang nakasakay (halimbawa ay sa kabayo). At kung kayo ay nasa ligtas (ng pook), inyong ialay ang pagdarasal sa paraan na Kanyang itinuro sa inyo na hindi ninyo nababatid (noon). 240. At sa inyo na pumanaw at nakaiwan ng mga asawa, ay nararapat na magbigay sa kanilang asawa ng isang taong panustos (ikabubuhay) at tirahan na walang pagtataboy sa kanila, datapuwa't kung nais nila (mga asawang babae) na umalis, ito ay hindi kasalanan sa inyo sa anumang ginawa nila sa kanilang sarili, kung sa pamamaraan na ito ay kapita-pitagan (alalaong baga, muling nag-asawa). At si Allah ang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Lubos na Maalam. (Ang kautusan sa talatang ito ay sinusugan [o pinawalang bisa] sa pamamagitan ng talata sa Surah 4:12) 241. At sa mga nahiwalayan (nadiborsyong) kababaihan, (sa kanila) ang panustos na kabuhayan (ay marapat na igawad) sa katamtamang (sukat). Ito ay isang katungkulan ng Al-Muttaqun (mga may pangangamba kay Allah, may kabanalan, atbp.). 242. At sa ganito ay ginawa ni Allah na

maliwanag ang Kanyang mga Batas sa inyo upang kayo ay magkaroon ng pang-unawa.

243. Hindi mo ba inilingon (O Muhammad) ang iyong paningin sa mga lumisan sa kanilang tahanan bagama't sila ay libo sa bilang, dahil sa kanilang pagkatakot sa kamatayan? Si Allah ay nagwika sa kanila: "Mamatay." At pagkatapos ay ibinalik Niya ang kanilang buhay. Sapagkat si Allah ay Tigib ng Biyaya sa sangkatauhan datapuwa't ang karamihan sa kanila ay walang damdamin ng pasasalamat. 244. At kayo ay makipaglaban sa Kapakanan ni Allah at inyong maalaman na si Allah ang Ganap na Nakakarinig at Lubos na Nakakabatid ng lahat ng bagay. 245. Sino baga siya na magpapautang kay Allah ng isang magandang pautang upang Siya ay magparami nito nang masagana? Si Allah ang nagpapaunti at nagpaparami (ng inyong ikabubuhay), at sa Kanya kayo ay magbabalik.

246. Hindi baga ninyo nagugunita ang tungkol sa pangkat ng Angkan ng Israel pagkaraan (ng panahon) ni Moises? Nang kanilang sabihin sa propeta na mula sa kanilang lipon: "Magtalaga ka sa amin ng isang hari at kami ay makikipaglaban sa Kapakanan ni Allah." Siya (ang propeta) ay nagsabi: "Kayo ba ay iiwas sa pakikipaglaban kung ang pakikipaglaban ay itinagubilin sa inyo?" Sila ay nagsabi: "Bakit hindi tayo makikipaglaban sa Kapakanan ni Allah samantalang tayo ay itinaboy nila sa ating mga tahanan at mga kaanak?" Datapuwa't nang sila ay pinag-utusan na makipaglaban, sila ay umurong maliban (lamang) sa ilan sa kanila. At si Allah ang may Ganap na Kaalaman sa Zalimun (mga gumagawa ng kamalian, mapagsamba sa diyus-diyosan, atbp.). 247. At ang kanilang Propeta (si Samuel) ay

nagsabi sa kanila: “Katiyakang si Allah ay nagtalaga kay Talut (Saul) bilang hari sa inyo.” Sila ay nagsabi: “Papaano siya magiging hari sa amin kung kami ay higit na marapat na magpatupad ng kapamahalaan kaysa sa kanya at siya ay hindi biniyayaan ng maraming kayamanan?” Siya ay nagsabi: “Si Allah ang humirang sa kanya ng higit sa inyo at (Kanyang) biniyayaan siya ng higit na karunungan at katikasan. Si Allah ang nagkakaloob ng kapamahalaan sa sinumang Kanyang maibigan. At si Allah ang may Ganap na Kasapatan sa pangangailangan ng Kanyang mga nilikha, ang Puspos ng Karunungan.” 248. At ang kanilang Propeta (si Samuel) ay nagsabi sa kanila: “Katotohanan, ang tanda ng Kanyang kaharian ay mayroong darating sa inyo na At-Tabut (kahoy na kahon), na naroroon ang Sakinah (kapayapaan, kapanatagan at kaligtasan) mula sa inyong Panginoon, at ang mga latak ng mga naiwan ni Moises at Aaron na dinala ng mga anghel. Katotohanang ito ay Tanda sa inyo kung kayo ay tunay na nananampalataya”.

249. At nang si Talut (Saul) ay tumulak na kasama ang sandatahan, siya ay nagsabi: “Katotohanang si Allah ay susubok sa inyo sa (pamamagitan ng) ilog; kung sinuman ang uminom ng kanyang tubig, siya ay hindi sasama sa sandatahan; sila lamang na tumikim nito ang sasama sa akin maliban sa kanya (na uminom nito) sa kulong ng kanyang palad.” Datapuwa’t sila ay uminom dito, lahat sila, maliban sa ilan. At nang kanilang matawid ang ilog, siya at ang mga matimtiman na kasama niya ay nagsabi: “Sa araw na ito ay wala tayong lakas laban kay Goliath at sa kanyang mga kabig.” Datapuwa’t sila na nakakabatid ng may katiyakan na kanilang makakatipan ang kanilang Panginoon ay nagsabi:

"Gaano kadalas na ang isang maliit na pangkat ay nagwawagi sa malaking pangkat sa kapahintulutan ni Allah? Si Allah ay nasa panig ng mga matimtiman sa pagtitiyaga." 250. At nang sila ay pumalaot upang sagupain si Goliath at ang kanyang mga kabig, sila ay nanalangin: "Aming Panginoon! Ibuhos Ninyo sa amin ang pagtitiyaga at gawin Ninyong matatag ang aming mga hakbang. Kami ay gawin Ninyong matagumpay laban sa mga walang pananampalataya." 251. Sa kapahintulutan ni Allah ay kanilang nailigaw sila at napatay ni David si Goliath, at si Allah ay naggawad sa kanya (David) ng kaharian (pagkaraan ng kamatayan ni Saul at Samuel) at karunungan, at nagturo sa kanya ng Kanyang ninanais. At kung hindi sinubukan ni Allah ang isang lipon ng mga tao sa pamamagitan ng iba, ang kalupaan ay katiyakang mapupuspos ng kabuktutan. Datapuwa't si Allah ay Puspos ng Biyaya sa lahat ng Kanyang mga nilalang.

252. Ito ang mga Tanda (aral, kapahayagan, katibayan, atbp.) ni Allah, ito ay Aming dinalit sa iyo (O Muhammad) sa Katotohanan, at katiyakang ikaw ay isa sa mga Tagapagbalita (ni Allah). 253. Silang mga Tagapagbalita! Sila na Aming biniyayaan ng mga pabuya, ang ilan ay higit sa iba (sa kapanagutan at tungkulin), sa ilan sa kanila, si Allah ay nakipag-usap; ang ilan ay Kanyang itinaas sa antas (ng karangalan); at kay Hesus na anak ni Maria, Kami ay nagbigay ng maliwanag na Tanda at Katibayan at siya ay pinatatag Namin ng Banal na Espiritu (Ruh-ul-Qudus o Gabriel). At kung ninais lamang ni Allah, ang mga sumunod na lahi ay hindi makikipaglaban laban sa isa't isa pagkaraang ang maliwanag na Kapahayagan ni Allah ay dumatal sa kanila, datapuwa't sila ay nagkaiba-iba, ang ilan sa kanila ay

sumampalataya at ang iba ay hindi sumampalataya. At kung ninais ni Allah, sila ay hindi sana makikipaglaban sa isa't isa, datapuwa't si Allah ay gumagawa ng Kanyang maibigan.

54. O kayong nagsisisampalataya! Gumugol kayo sa mga bagay na ipinagkaloob Namin sa inyo bago sumapit ang Araw na rito ay walang pakiusapan at pakikipagkaibigan at pamamagitan. At ang nagtatakwil ng pananampalataya, sila ang Zalimun (mga tampalasan, buktot, buhong, pagano, atbp.). 255. Allah! La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), ang Lalaging Buhay, ang may Sariling Kasapatan, ang Tagapanustos at Nangangalaga ng lahat (ng mga nilalang). Ang antok ay hindi makakapanaig sa Kanya gayundin ang pagkaidlip. Siya ang nag-aangkin ng lahat ng bagay sa mga kalangitan at kalupaan. Sino kaya baga ang makakapamagitan sa Kanya malibang Kanyang pahintulutan? Talastas Niya kung ano ang nangyayari (sa Kanyang mga nilikha) sa mundong ito (noon, pagkaraan, ngayon, bukas, sa kanilang harapan at sa kanilang likuran), at ang kanilang kasasapitan sa Kabilang Buhay. At sila ay hindi makakapagtamo ng anumang karunungan maliban na Kanyang naisin. Ang Kanyang Kursi (Luklukan) ay humahangga sa mga kalangitan at kalupaan at Siya ay hindi napapagal sa pagbabantay at pagpapanatili sa kanila sapagkat Siya ang Kataas-taasan, ang Sukdol sa Kaluwalhatian. (Ayat-ul-Kursi). 256. Walang pamimilit sa pananampalataya. Ang katotohanan ay bukod sa kamalian. Sinuman ang hindi manampalataya sa Taghut (mga diyus-diyosan, idolo, imahen, anupamang sinasamba maliban pa kay Allah tulad ng anghel, banal na tao, propeta,

satanas, bato, libingan, Hesus na anak ni Maria, krus, atbp.) at manalig kay Allah ay nakasakmal ng tunay na mapagkakatiwalaang tangan na hindi masisira. At si Allah ang Nakakarinig at Nakakabatid ng lahat ng bagay. 257. Si Allah ang Wali (Tagapangalaga o Tagapagbantay) ng mga mayroong pananalig; mula sa kailaliman ng kadiliman ay Kanyang ginabayan sila sa liwanag. At sa mga nagtatakwil sa pananampalataya, ang kanilang kapanalig ay Taghut (mga diyus-diyosan, mga likhang bagay na sinasamba, atbp.), sila ay kanilang kinuha mula sa liwanag tungo sa kadiliman. Sila ang mananahan sa Apoy, at sila ay mananatili rito magpakailanman.

258. Hindi baga ninyo napag-iisipan siya na nakikipagtalo kay Abraham tungkol sa kanyang Panginoon (Allah), sapagkat si Allah ay nagkaloob sa kanya ng kaharian? Nang si Abraham ay magsabi (sa kanya na nakikipagtalo): "Ang aking Panginoon (Allah) ay Siyang nagbibigay ng buhay at naggagawad ng kamatayan." Siya (na nakikipagtalo) ay nagsabi: "Ako ay nagbibigay ng buhay at naggagawad ng kamatayan." Si Abraham ay nagsabi: "Katotohanan! Si Allah ang nagpapasikat ng araw mula sa silangan; ikaw baga ang nakakapangyari na mapasikat ito mula sa kanluran." Kaya't siya na walang pananalig ay tunay na talunan. At si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na Zalimun (mga tampalasan, mapaggawa ng kamalian, buktot, atbp.).

259. O inyo bang itinuring (o naisip bilang paghahambing) siya, na napadako sa isang bayan na lubhang nasalanta. Siya ay nagsabi: "Oh! Papaano kayang maibabalik ito ni Allah sa pagkabuhay matapos na ito ay mamatay?" Kaya't pinapangyari ni Allah na mamatay siya ng isang daang

taon, at siya ay (muling) ibinangon. Siya (Allah) ay nagwika: "Gaano katagal na nanatili ka (na walang buhay)?" Siya (ang tao) ay nagsabi: "(Marahil) ako ay nanatiling (walang buhay) ng isang araw o bahagi ng isang araw." Siya (Allah) ay nagwika: "Hindi, ikaw ay nanatili (na walang buhay) sa loob ng isang daang taon, (datapuwa't) tingnan mo ang iyong pagkain at inumin, ito ay hindi kakikitaan ng pagbabago; at tingnan mo ang iyong asno (patay na kalansay na lamang)! At sa ganitong (paraan), ikaw ay ginawa Namin na isang Tanda sa mga tao. Pagmasdan mo ang mga buto (ng asno), kung paano Namin binuo ito at binalutan ng laman." At nang ito ay maliwanag na nalantad sa kanya, siya ay nagsabi: "Batid ko na (ngayon) na si Allah ay makakagawa ng lahat ng bagay." 260. Pagmasdan! Si Abraham ay nagsabi: "Aking Panginoon, ipamalas Ninyo sa akin kung paano Kayo nagbibigay ng buhay sa patay." Siya (Allah) ay nagwika: "Hindi ka ba naniniwala?" Siya (Abraham) ay nagsabi: "Tunay, (ako ay nananalig), nguni't upang maging malakas ang (aking) pananalig." Siya (Allah) ay nagwika: "Ikaw ay kumuha ng apat na ibon, talian mo sila (at hatiin mo sa maraming piraso), at iyong ilagay ang bawat piraso sa bawat burol, at sila ay iyong tawagin, sila ay magmamadali na paparoon sa iyo". At iyong maalaman na si Allah ang Pinakamakapangyarihan, ang Lubos na Maalam.

261. Ang nakakatulad nila na gumugugol ng kanilang kayamanan sa Kapakanan ni Allah ay katulad ng mga butil (ng mais); ito ay tumubo (at lumaki) ng pitong busal, at ang bawat busal ay may isang daang butil. Si Allah ang nagkakaloob ng saganang dagdag sa sinumang Kanyang maibigan. At si Allah ay may sapat na panustos sa lahat ng

pangangailangan ng Kanyang mga nilikha, ang Ganap na Maalam. 262. Ang mga gumugugol ng kanilang kayamanan sa Kapakanan ni Allah, at hindi nagsasabi na ang kanilang handog ay marapat na alalahanin (bigyan ng pagpapahalaga o tanawing isang utang na loob) bilang tanda ng kanilang pagiging mapagbigay o kung (magdudulot) ng kapinsalaan (alalaong baga, ipapamalita na sila ay nagbigay na maaaring ikapahiya ng tumanggap), ang kanilang ganti ay nasa kanilang Panginoon. Sa kanila ay walang pangangamba, at sila ay hindi mamimighati. 263. Ang mabuting salita at ang pagtatakip sa mga kamalian ay higit na mainam sa kawanggawa na sinusundan ng kapinsalaan (alalaong baga, nagpapatanaw ng utang na loob sa tumanggap). Si Allah ay Masagana (hindi nangangailangan ng anuman) at Siya ang Pinakamapagpaumanhin. 264. O kayong nagsisisampalataya! Huwag ninyong bayaan na mawalang saysay ang inyong kawanggawa sa pamamagitan ng pagpapaala-ala sa inyong pagiging mapagbigay o nang (pagdudulot) ng kapinsalaan (alalaong baga, na dapat tumanaw ng utang na loob ang nakatanggap), na katulad niya na gumugugol ng kanyang kayamanan upang mamasdan lamang ng mga tao, at siya ay hindi nananampalataya kay Allah, gayundin sa Huling Araw. Ang kanyang kawangki ay katulad ng isang makinis na bato na rito ay may bahagyang alikabok; dito ay bumuhos ang malakas na ulan at naiwan ito na hubad. Sila ay walang magagawang anuman sa anumang kanilang kinita. At si Allah ay hindi namamatnubay sa mga nagtatakwil sa pananampalataya.

265. At ang nakakahalintulad ng mga gumugugol ng kanilang kayamanan na naghahangad na magbigay lugod kay Allah

at upang patibayin ang kanilang kaluluwa ay tulad ng isang halamanan na malago at malusog; ang malakas na ulan ay bumuhos dito at ito ay nagbunga ng higit na maraming ani, at kung ito man ay hindi tumanggap ng malakas na ulan, ang kaunting pagkabasa nito ay sapat na. Si Allah ang Ganap na Nakakamasid sa anumang inyong ginagawa. 266. Mayroon baga na isa man sa inyo ang maghahangad na magkaroon ng halamanan na may mga palmera (datiles) at bagingan (mga gumagapang na halaman), na may mga ilog na nagsisidaloy sa ilalim, at ang lahat ng uri ng mga bungangkahoy para sa kanya ay naririto; at nang siya ay sumapit na sa katandaan at ang kanyang mga anak ay mahina na (at hindi makapangalaga sa kanilang sarili), na ito ay madaanan ng isang ipu-ipo, at ito ay masilaban? Sa ganito ipinapakita ni Allah na maging maliwanag ang Kanyang Ayat (mga tanda, aral, kapahayagan, katibayan, atbp.) sa inyo upang kayo ay magkaroon ng pagdidili-dili.

267. O kayong nagsisisampalataya! Magsipagbigay kayo ng mabubuting bagay na inyong kinita (nang malinis), at ng mga bungang halaman (at mga pag-aani) mula sa kalupaan na Aming pinatubo sa inyo, at huwag magnais ng anumang masama, na mula rito kayo ay magbibigay, ngunit maging kayo sa inyong sarili ay hindi tatanggap nito nang hindi nakapikit ang inyong mga mata. At inyong maalaman na si Allah ay Masagana (hindi nangangailangan ng anuman), ang Karapat-dapat sa lahat ng mga papuri. 268. Si Satanas ay nananakot sa inyo ng kahirapan at nag-uudyok sa inyo na gumawa ng kasalanan; datapuwa't si Allah ay nangangako sa inyo ng pagpapatawad mula sa Kanya at ng kasaganaan; at si Allah ay may Sapat na Panustos sa pangangailangan

ng Kanyang mga nilikha, ang may Ganap na Kaalaman. 269. Siya ang nagkakaloob ng karunungan sa sinumang Kanyang maibigan; at siya na pinagkalooban (Niya) ng karunungan ay tunay namang nakatanggap ng kapakinabangan na nag-uumapaw; datapuwa't walang sinuman ang tatanggap ng paala-ala maliban sa mga tao na may pang-unawa.

270. At anuman ang inyong gugulin sa kawanggawa o anumang pangako ang inyong ginawa, katiyakang si Allah ay nakakabatid nito. At sa Zalimun (mga tampalasan, mapaggawangkamalian,atbp.),silaaywalangmakakatulong. 271. Kung kayo ay magpamalas ng inyong kawanggawa, ito ay kasiya-siya, datapuwa't kung ito ay inyong ilingid at ilimos ito sa mga mahihirap, ito ay higit na mainam sa inyo. Si Allah ay magpapatawad ng ilan sa inyong mga kasalanan. At si Allah ang Ganap na Nakakatalos ng anumang inyong ginagawa. 272. Wala sa iyo (O Muhammad) ang kanilang patnubay, datapuwa't si Allah ang namamatnubay sa sinumang Kanyang mapusuan. At anumang mabuting bagay ang inyong ginugol, ang kapakinabangan ay sa inyong kaluluwa, na kayo ay hindi gumugugol maliban na kayo ay naghahanap ng Mukha ni Allah (alalaong baga, ang pakikipagtipan sa Kanya). Anumang mabuting bagay na inyong ibinigay ay muling ibabalik sa inyo, at kayo ay hindi gagawaran ng kawalang katarungan. 273. (Ang kawanggawa) ay para sa mahihirap, sila na dahil sa Kapakanan ni Allah ay napipigilan (na maglakbay), at hindi makapaglibot sa kalupaan upang makahanap (ng kalakal at hanapbuhay). Ang isang hindi nakakakilala sa kanila ay nag-iisip na sila ay hindi nangangailangan dahilan sa kanilang kakimian. Sila

ay mapagkikilala ninyo sa kanilang (hindi nagmamaliw) na tatak; sila ay hindi tandisang namamalimos sa lahat (o sa anumang paraan). At anumang mabuting bagay na inyong ipagkaloob, isang katiyakan na si Allah ang Lubos na Nakakaalam. 274· Ang mga gumugugol (sa kawanggawa) ng kanilang kayamanan sa gabi at araw, lingid man o hayag ay mayroong pabuya mula sa kanilang Panginoon. Sa kanila ay walang pangangamba, gayundin sila ay hindi malulumbay.

275· Ang mga nagpapasasa sa Riba (pagpapatubo sa salapi o interes), ay hindi titindig (sa Araw ng Muling Pagkabuhay) maliban sa pagtindig ng isang tao na hinataw ni Satanas, na nagdulot sa kanya ng pagkabaliw. Ito'y sa dahilang sila ay nagsasabi: "Ang pangangalakal ay tulad din ng Riba (pagpapatong ng tubo sa salapi o interes)", datapuwa't si Allah ay nagpahintulot ng pangangalakal at nagbawal ng Riba (pagpapatubo sa salapi o interes). Kaya't sinuman ang tumanggap ng paala-ala mula sa kanyang Panginoon at tumigil sa pagpapasasa sa Riba (patubo) ay hindi parurusahan sa anumang nakaraan (dahil sa kawalan ng kaalaman); ang kanyang usapin ay na kay Allah (upang hatulan); datapuwa't kung sinuman ang magbalik (sa hanapbuhay) na may Riba (muling magpatubo o kumita ng tubo sa salapi), sila ang magsisipanahan sa Apoy, mananatili sila rito magpakailanman. 276· Si Allah ay hindi magkakaloob ng anumang biyaya sa Riba (pagpapatubo ng salapi), datapuwa't magbibigay (Siya) ng higit pang (biyaya) sa mga gawa ng pagkakawanggawa sapagkat Siya ay hindi nagmamahal sa mga walang damdamin ng utang na loob ng pasasalamat at makasalanan. 277· Ang mga sumasampalataya at gumagawa ng kabutihan, at nagsasagawa ng palagiang

pagdarasal nang mahinusay (Iqamat-us-Salah) at nagkakaloob ng Zakah (katungkulang kawanggawa), ay mayroong biyaya mula sa kanilang Panginoon; sa kanila ay walang pangangamba, gayundin sila ay walang kalumbayan.
278. O kayong nagsisisampalataya! Pangambahan ninyo si Allah, at inyong ipagparaya (huwag nang ipabayad) ang anumang natira sa tubo ng inyong pautang (magmula ngayon), kung kayo ay tunay na sumasampalataya. 279. At kung ito ay hindi ninyo gawin, inyong maalaman ang (mabubuong) digmaan mula kay Allah at ng Kanyang Tagapagbalita (alalaong baga, ang isang nagpapatubo ng salapi ay nakikipaglaban kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalitang si Muhammad), datapuwa't kung kayo ay magsisi, sasainyo ang halaga na inyong ipinautang. Huwag kayong makitungo ng walang katarungan at kayo rin naman ay hindi pakikitunguhan ng kawalang katarungan. 280. At kung ang nagkakautang ay nasa kahirapan (o gipit), inyong gawaran siya ng palugit hanggang sa maging madali sa kanya ang pagbabayad. Datapuwa't kung ipatawad ninyo ito at ibigay sa kanya bilang kawanggawa, ito ay higit na mainam sa inyo kung inyo lamang nalalaman. 281. At pangambahan ninyo ang Araw na kayo ay ibabalik kay Allah. Sa gayon, ang bawat kaluluwa ay babayaran ng ayon sa kanyang kinita at sinuman ay hindi pakikitunguhan ng kawalang katarungan.
282. O kayong nagsisisampalataya! Kung kayo ay nakikipagkasundo sa bawat isa sa mga pakikipagkalakalan na tumutukoy sa panghinaharap na obligasyon sa isang natataningang panahon, ilagay ninyo ito sa kasulatan. Hayaan ang isang tagasulat ay matapat na magtala sa pinagkasunduan ng dalawang panig; huwag hayaan na ang

tagasulat ay tumanggi na magsulat sa paraan na ipinag-utos ni Allah sa kanya, kaya't hayaan siya na magsulat. Hayaan siya na may pagkakautang ang magdikta at dapat niyang pangambahan si Allah na kanyang Panginoon at huwag niyang bawasan ang anumang kanyang nautang. Kung ang panig na may pananagutan ay makitid ang isip, o mahina, o hindi niya kaya ang magdikta, hayaan ang kanyang tagapangalaga ang matapat na magdikta. At kayo ay kumuha ng dalawang saksi mula sa inyong kalalakihan. At kung wala ng dalawang lalaki, kung gayon ay isang lalaki at dalawang babae na inyong mapili bilang mga saksi, upang kung ang isa sa kanila (babae) ay malitang, ang isa ay makapagpapaala-ala sa kanya. Ang mga saksi ay hindi marapat na tumanggi kung sila ay tawagin (upang magbigay ng patibay). Huwag hayaan na maging tamad na isulat (ang inyong kasunduan), kahima't ito ay maliit o malaki; ito ay higit na makatarungan sa Paningin ni Allah, at higit na akmang katibayan, at isang ginhawa upang mapigilan ang alinlangan sa pagitan nila, maliban na lamang kung ito ay isang pakikipagkalakalan na ngayo't ngayon din (alalaong baga ay hora-horada, narito ang kalakal ko, tinanggap ko ang bayad mo), na pinagkasunduan sa pagitan ninyo, kung gayon, ito ay hindi isang kasalanan sa inyo kung ito ay hindi ninyo naisulat. Datapuwa't kayo ay laging kumuha ng mga saksi sa anumang oras na kayo ay gumawa ng kasunduan sa pakikipagkalakalan. At huwag hayaan ang sinuman sa sumusulat at sumasaksi na ito ay magdulot sa kanya ng kapinsalaan (alalaong baga, bigyan sila ng hindi marapat na kapanagutan o panagutin sila kung anuman ang mangyari). Kung kayo ay gumawa (ng gayong kapinsalaan), ito ay isang

kabuktutan mula sa inyo. Kaya't magkaroon ng pagkatakot kay Allah sapagkat si Allah ang nagtuturo sa inyo. At si Allah ang Ganap na Nakakatalos ng lahat ng bagay. 283. At kung kayo ay naglalakbay at hindi makatagpo ng tagasulat, kung gayon, hayaan na ang isang sanla ay kunin. At kung ang isa sa inyo ay magsanla ng isang bagay bilang pagtitiwala sa bawat isa, hayaan siya na pinagkatiwalaan, ang mangasiwa ng ipinagkatiwala (ng may katapatan), at hayaan siya na may pangangamba kay Allah, ang kanyang Panginoon. Huwag maglingid ng katibayan sapagkat kung sinuman ang maglingid nito, ang kanyang puso ay nabahiran ng kasalanan. At si Allah ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ninyong ginagawa.

284. Si Allah ang nag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at kalupaan. Kahima't inyong ilantad ang nasa inyong isipan o ikubli ito, si Allah ay tatawag sa inyo upang magsulit. Siya ang nagpapatawad sa sinumang Kanyang maibigan at nagpaparusa sa sinumang Kanyang maibigan. Sapagkat si Allah ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay. 285. Ang Tagapagbalita (Muhammad) ay nananampalataya sa anumang ipinahayag sa kanya mula sa kanyang Panginoon, gayundin naman ang mga sumasampalataya. Ang bawat isa ay sumasampalataya kay Allah, sa Kanyang mga anghel, sa Kanyang mga Kasulatan, at sa Kanyang mga Tagapagbalita. Sila ay nagsasabi, "Kami ay hindi nagtuturing sa sinuman sa Kanyang mga Tagapagbalita ng pagtatangi-tangi", at sila ay nagsasabi, "Kami ay nakikinig at kami ay tumatalima, (sinusumpungan namin) ang Inyong Pagpapatawad, aming Panginoon, at sa Inyo ang pagbabalik (ng lahat). 286. Walang sinumang kaluluwa ang binigyan ni Allah ng pasanin na

hindi niya kayang dalhin. Ito ay magtatamasa ng bawat kabutihan na kanyang kinita at magdurusa rin naman sa bawat masama na kanyang kinita. (Magsipanalangin): "Aming Panginoon! Kami ay huwag Ninyong parusahan kung kami ay makalimot o masadlak sa kamalian, aming Panginoon! Huwag Ninyong ipapasan sa amin ang pabigat na Inyong iniatang sa mga nangauna sa amin (mga Hudyo at Kristiyano); aming Panginoon! Huwag Ninyong iatang sa amin ang pabigat na higit sa aming makakaya. Inyong patawarin kami at pagkalooban kami ng pagpapatawad. Kami ay Inyong kahabagan. Kayo po ang aming Maula (Tagapangalaga, Tagapagbantay, Tagapagtaguyod); kami ay gawaran Ninyo ng tagumpay laban sa mga tao na walang pananampalataya.

Surah 3 • Al-Imran

Ang Pamilya ni Imran

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain.

1. Alif, Lam, Mim (mga titik A, La, Ma).

2. Allah! La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), ang may Walang Hanggang Buhay, ang Tanging Isa na nagtataguyod at nangangalaga sa lahat ng mga nilalang.
3. Siya (Allah) ang nagpapanaog ng Aklat (ang Qur'an) sa iyo (O Muhammad) ng may katotohanan, na nagpapatotoo sa mga ipinahayag noong pang una. At Siya ang nagpapanaog

ng Torah (mga Batas) at ng Ebanghelyo - 4. Noong pang una, bilang patnubay sa sangkatauhan, at ipinanaog Niya ang Pamantayan (ng paghatol sa pagitan ng matuwid at mali, ang Qur'an). Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya sa Ayat (mga aral, katibayan, kapahayagan, tanda, atbp.) ni Allah, sa kanila ay mayroong isang kasakit-sakit na kaparusahan; at si Allah ay Sukdol sa Kapangyarihan, ang Ganap na Nakakapangyari sa Pagpaparusa. 5. Katotohanan! Walang nalilingid kay Allah maging sa kalupaan at sa mga kalangitan. 6. Siya ang humubog sa inyo sa sinapupunan (ng ina) sa Kanyang maibigan. La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), ang Puspos ng Kapangyarihan, ang Tigib ng Kaalaman.

7. Siya ang nagpapanaog sa iyo (O Muhammad) ng Aklat (ang Qur'an). Dito ay may mga Talata na ganap na maliwanag; ito ang mga pangunahing haligi ng Aklat (ito ang mga talata ng Al Ahkam [mga Kautusan, atbp.], Al Fara'id [mga katungkulang gawain], at Al Hudud [mga legal na batas para sa kaparusahan ng mga magnanakaw, mapangalunya, atbp.]), at ng mga iba pa na hindi lubhang maliwanag (alalaong baga, ang iba ay binigyang paliwanag ni Propeta Muhammad, ang ibang kahulugan naman ay natutuklasan sa patuloy na pag-unlad ng agham at teknolohiya, at ang iba ay tanging si Allah lamang ang nakakatalos). Kaya't sa mga iba, na sa kanilang puso ay mayroong pagkalihis (sa katotohanan), sila ay sumusunod sa bagay na hindi ganap na maliwanag, na naghahangad ng Al-Fitnah (pagsamba sa maraming diyus-diyosan, mga pagsubok, atbp.), at naghahanap sa kanyang (Al-Qur'an)

nalilingid na kahulugan, datapuwa't walang sinuman ang nakakabatid ng mga ito maliban kay Allah. Ang mga matatatag sa pananangan sa karunungan ay nagsasabi: "Kami ay sumasampalataya rito; sa kabuuan nito (sa maliwanag at hindi maliwanag na mga Talata), na (ito) ay nagmula sa aming Panginoon." At walang sinuman ang nakakatanggap ng paala-ala maliban sa mga tao na may pang-unawa. 8. (Sila ay nagsasabi): "Aming Panginoon! Huwag (Ninyong) hayaan na ang aming puso ay lumihis (sa katotohanan) matapos na kami ay Inyong patnubayan, at kami ay gawaran Ninyo ng habag mula sa Inyo; katotohanang Kayo ang Tagapagkaloob." 9. "Aming Panginoon! Katotohanang Kayo ang magtitipon sa sangkatauhan nang sama-sama sa Araw na walang alinlangan. Katotohanang si Allah ay hindi kailanman sumisira sa Kanyang pangako."

10. Katotohanan, sa mga hindi sumasampalataya, ang kanilang mga ari-arian, gayundin ang kanilang mga anak ay hindi makakatulong sa kanila sa anumang (pagnanais) laban kay Allah; at sila ang magiging panggatong sa Apoy. 11. (Ang kanilang pag-uugali) ay katulad ng mga tao ni Paraon at ng mga nangauna sa kanila; sila ay nagpasinungaling sa Aming Ayat (mga aral, tanda, katibayan, kapahayagan, atbp.), kaya't sinakmal (winasak) sila ni Allah dahil sa kanilang kasamaan. At si Allah ay Mahigpit sa Kaparusahan. 12. Ipagbadya (O Muhammad) sa mga hindi sumasampalataya: "Kayo ay magagapi at titipunin nang sama-sama sa Impiyerno, at tunay namang kasuklam-suklam ang pook na ito upang panahanan." 13. Mayroon na (ngang) naging Tanda sa inyo (O mga Hudyo) sa dalawang pangkat ng sandatahan na nagkatagpo (sa paglalaban, alalaong baga, sa Digmaan

ng Badr); ang isa ay nakikipaglaban tungo sa Kapakanan ni Allah, at ang iba, (sila) ay mga hindi sumasampalataya. Sila (na mga sumasampalataya) ay nakamalas sa kanila (na hindi sumasampalataya) sa kanilang sariling mga mata na dalawang ulit na higit na marami ang kanilang bilang (bagama't sa katotohanan ay tatlong ulit na marami). At si Allah ang nagbibigay ng tulong na kalakip ang Kanyang Tagumpay sa sinumang Kanyang maibigan. Katotohanang naririto ang aral sa mga (tao) na may pang-unawa.

14. Maganda para sa kalalakihan (o sangkatauhan) ang pagmamahal sa mga bagay na kanilang hinahangad; mga babae, mga anak, higit na maraming mga ginto at pilak (kayamanan), mga magagandang kabayo, mga bakahan at mga sakahing lupa. Ito ang kaligayahan ng pangkasalukuyang mundo; datapuwa't si Allah ay may mahusay na Sukli (ang Paraiso na may mga ilog na nagsisidaloy) na nasa Kanya. 15. Ipagbadya: "Ipapaalam ko ba sa inyo ang mga bagay na higit na mainam dito? Para sa Al Muttaqun (mga matimtiman, mabubuti at banal na tao), ay mayroong halamanan (Paraiso) sa kanilang Panginoon, na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy. Naririto (ang kanilang) walang hanggang (tahanan) at mga dalisay na asawa (alalaong baga, sila ay walang regla, ihi o dumi, atbp.), at si Allah ay lubos na nalulugod sa kanila. At si Allah ang Ganap na Nakakamasid sa (Kanyang) mga alipin. 16. Sila na nagsasabi: "Aming Panginoon! Katotohanang kami ay sumampalataya, kaya't kami ay patawarin Ninyo sa aming mga kasalanan at (Inyong) iligtas kami sa kaparusahan ng Apoy." 17. (Sila ang) matimtiman sa pagtitiyaga, ang mga tapat (sa Pananalig, sa salita at gawa), ang masunurin na

may matapat na debosyon sa pagsamba kay Allah. Ang mga gumugugol (na nagbibigay ng Zakah [katungkulang kawanggawa], at mga tulong sa Kapakanan ni Allah) at mga nananalangin at humihingi ng kapatawaran ni Allah sa mga huling oras ng gabi.

18. Si Allah ang nagpapatotoo ng La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), at ang mga Anghel, at sila na mayroong karunungan (ay nagbibigay din ng ganitong pagpapatotoo); (lagi Niyang) pinapanatili ang Kanyang Katarungan sa (Kanyang) mga nilikha. La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang Diyos maliban sa Kanya [alalaong baga, walang sinuman ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya]), ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Ganap na Maalam. 19. Katotohanan, ang pananampalataya sa Paningin ni Allah ay Islam. Ang mga pinagkalooban ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ay hindi nagkakahidwa, maliban (lamang) nang pagkaraang dumatal sa kanila ang karunungan, sa pamamagitan ng pananaghili at pagsuway sa kanilang sarili. At sinuman ang hindi manampalataya sa Ayat (mga aral, katibayan, kapahayagan, tanda, atbp.) ni Allah, kung gayon, katiyakang si Allah ay Maagap sa pagtawag sa Pagsusulit. 20. Kaya't kung sila ay nakikipagtalo sa iyo (O Muhammad), iyong ipagbadya: "Ako ay nagsuko ng aking sarili kay Allah (sa Islam) at (gayundin) ang mga sumusunod sa akin." At iyong sabihin sa kanila na pinagkalooban ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) at sa mga mangmang (ang paganong Arabo): "Kayo rin ba ay nagsusuko ng inyong sarili (kay Allah sa Islam)?" Kung sila ay gumagawa (nito), sila ay matuwid na napapatnubayan; datapuwa't kung sila

ay nagtatakwil, ang iyong tungkulin ay iparating lamang ang Kapahayagan; at si Allah ang Ganap na Nakakamasid ng (Kanyang) mga alipin. 21. Katotohanan! Ang mga hindi sumasampalataya sa Ayat (mga aral, kapahayagan, katibayan, tanda, atbp.) ni Allah at pumapatay sa Propeta ng walang katuwiran (karapatan), at pumapatay sa mga tao na nagtuturo ng makatarungang pakikitungo, ipahayag sa kanila ang kasakit-sakit na kaparusahan. 22. Sila (nga ang mga tao) na ang mga gawa ay mawawala sa mundong ito at sa Kabilang Buhay, at sila ay walang magiging kawaksi.

23. Hindi baga ninyo napagmamalas sila na pinagkalooban ng bahagi ng Kasulatan? Sila ay inanyayahan sa Aklat ni Allah upang pagpasyahan ang kanilang hindi pagkakasundo, (ngunit) may isang lipon sa kanila ang tumalikod, at sila ay sumasalungat (tumututol). 24. Ito'y sa dahilang sila ay nagsasabi: "Ang Apoy ay hindi didila sa amin maliban lamang sa ilang araw." At ang mga nakahiratihan na nilang gawin (na bulaang gawa) tungkol sa kanilang pananampalataya ay luminlang sa kanila. 25. Paano (kaya ang mangyayari) kung sila ay Aming tipunin (nang sama-sama sa Araw na walang alinlangan [ang Araw ng Muling Pagkabuhay]), at ang bawat tao ay babayaran nang ganap sa anumang kanyang kinita? At sila ay hindi pakikitunguhan ng walang katarungan. 26. Ipagbadya (O Muhammad): "O Allah! Ang nag-aangkin ng Kaharian, Kayo ang nagkakaloob ng kaharian sa sinumang Inyong maibigan, at Kayo ang bumabawi sa kaharian sa sinumang Inyong maibigan, at Kayo ang naggagawad ng karangalan sa sinumang Inyong maibigan, at Kayo ang humahamak sa sinumang Inyong maibigan. Nasa sa Inyong mga Kamay ang mabuti. Katotohanang Kayo ay

makakagawa ng lahat ng bagay. 27. Inyong ginawa na ang gabi ay pumasok (lumagom) sa araw (maghapon) at Inyong ginawa na ang araw (maghapon) ay pumasok (lumagom) sa gabi (alalaong baga, ang pagdaragdag at pagkabawas ng oras ng gabi at araw (maghapon) sa panahon ng taglamig at tag-init), Inyong pinalabas ang pagkabuhay (o nabubuhay) mula sa patay, at Kayo ang nagpalabas ng pagkamatay (o patay) mula sa pagkabuhay (o nabubuhay). At Kayo ang nagkakaloob ng Inyong yaman at panustos na walang pagbibilang (pasubali) sa sinumang Inyong maibigan".

28. Huwag hayaan na ang mga sumasampalataya ay tumangkilik sa mga hindi sumasampalataya bilang Auliya (tagapangalaga, katulong, kaibigan, atbp.) sa halip ng mga sumasampalataya, at sinuman ang gumawa ng gayon, (sila) ay hindi kailanman tutulungan ni Allah sa anumang paraan, maliban na lamang kung kayo ay katotohanang nangangamba sa panganib mula sa kanila. At si Allah ay nagbabala sa inyo laban sa Kanyang Sarili (sa Kanyang kaparusahan), at kay Allah ang huling pagbabalik. 29. Ipagbadya (O Muhammad): "Kahima't inyong ikubli kung ano ang nasa inyong puso o ilantad ito, si Allah ang nakakatalos nito, at batid Niya kung ano ang nasa kalangitan at kung ano ang nasa kalupaan. At si Allah ay makakapangyaring makagawa ng lahat ng bagay." 30. Sa Araw na kakaharapin ng bawat tao ang lahat ng mabuti na kanyang ginawa, at ng lahat ng masama na kanyang ginawa; siya ay maghahangad na mayroon sanang malaking agwat sa pagitan niya at ng kanyang kasamaan. At si Allah ay nagbabala sa inyo laban sa Kanyang Sarili (sa Kanyang kaparusahan), at si Allah ay Puspos ng Kabaitan sa Kanyang

mga alipin. 31· Ipagbadya (O Muhammad sa sangkatauhan): "Kung (talagang) minamahal ninyo si Allah, kung gayon, ako ay inyong sundin (alalaong baga, tanggapin ang Kaisahan ni Allah, sundin ang Qur'an at Gawa ng Propeta), si Allah ay magmamahal sa inyo at magpapatawad sa inyong mga kasalanan. At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 32· Ipagbadya (O Muhammad): "Sundin ninyo si Allah at ang Tagapagbalita (Muhammad)." Datapuwa't kung sila ay tumalikod, kung gayon, si Allah ay hindi nalulugod sa mga hindi sumasampalataya.

33· Si Allah ang humirang kay Adan, sa pamilya ni Abraham, at sa pamilya ni Imran nang higit sa lahat ng mga nilalang (ng kanilang kapanahunan). 34· Mga supling, isa mula sa iba, at si Allah ang Lubos na Nakakarinig, ang Ganap na Nakakabatid. 35· (Gunitain) nang ang asawa ni Imran ay nagsabi: "O aking Panginoon! Ako ay nangako sa Inyo, na ang aking nasa sinapupunan ay iaalay ko tungo sa paglilingkod sa Inyo (malaya sa lahat ng makamundong gawa; upang maglingkod sa Inyong Lugar ng Pagsamba), kaya't tanggapin Ninyo (siya) mula sa akin. Katotohanan, Kayo ang Lubos na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam." 36· At nang kanyang maipanganak siya (ang batang si Maria), siya ay nagsabi: "O aking Panginoon! Ako ay nagsilang ng isang sanggol na babae, - at si Allah ang higit na nakakaalam kung ano ang kanyang ipinanganak, - at ang lalaki ay hindi katulad ng babae, at aking pinangalanan siya ng Maria (sa tuwirang kahulugan ay 'babaeng tagapaglingkod ni Allah'), at ako ay humihingi ng pagkalinga (mula) sa Inyo para sa kanya at sa kanyang magiging anak (laban sa kasamaan) ni Satanas, ang itinakwil." 37· Kaya't ang

kanyang Panginoon (Allah) ay tumanggap sa kanya (Maria) ng may mabuting pagtanggap. Hinayaan Niya na siya ay lumaki sa kagandahang asal at siya ay itinagubilin sa ilalim ng pangangalaga ni Zakarias. Sa bawat sandali na siya (Zakarias) ay pumapasok sa Al Mihrab (isang silid dasalan o pribadong silid) upang (bisitahin) siya, kanyang natatagpuan siya na maraming pagkain. Siya ay nagsabi: "O Maria! Saan mo ba nakikita ang mga ito? Siya ay nagsabi: "Mula kay Allah." Katotohanang si Allah ay nagkakaloob ng ikabubuhay sa sinumang Kanyang maibigan ng walang pagbibilang (pasubali). 38. At sa sandaling ito, si Zakarias ay nanikluhod sa kanyang Panginoon na nagsasabi: "O aking Panginoon! Ako ay gawaran (Ninyo) mula sa Inyo ng isang mabuting supling. Katotohanang Kayo ang Ganap na Nakakarinig ng panawagan." 39. At (di naglaon) ang mga anghel ay tumawag sa kanya, habang siya ay nakatindig sa pananalangin sa loob ng Al-Mihrab (na nagsasabi): "Si Allah ay naghahatid sa iyo ng masayang balita ni Yahya (Juan) na nananampalataya sa salita na mula kay Allah (alalaong baga, sa pagkalikha kay Hesus [Mangyari nga! At siya ay nalikha! Si Hesus na anak ni Maria]), marangal, na nananatiling malayo sa pakikipag-ulayaw sa mga babae, isang Propeta, at isa sa mga matutuwid." 40. Siya (Zakarias) ay nagsabi: "O aking Panginoon! Paano akong magkakaroon ng anak na lalaki, gayong ako ay lubhang matanda na, at ang aking asawa ay baog?" Si Allah ay nagwika: "Si Allah ay gumagawa ng anumang Kanyang naisin." 41. Siya ay nagsabi: "O aking Panginoon! Gumawa Kayo ng tanda para sa akin." Si Allah ay nagwika: "Ang iyong tanda ay mangyayari na ikaw ay hindi makakapangusap sa sangkatauhan sa loob ng tatlong

araw maliban lamang sa senyas. At labis mong alalahanin ang iyong Panginoon (sa pamamagitan ng pagpupuri sa Kanya nang paulit-ulit), at luwalhatiin mo (Siya) sa hapon at sa umaga." 42. At (gunitain) nang ang mga anghel ay magbadya: "O Maria! Katotohanang si Allah ay humirang sa iyo, nagpadalisay sa iyo (sa pagsamba sa diyus-diyosan at kawalan ng pananalig), at ikaw ay hinirang nang higit sa lahat ng mga babae ng Alamin (lahat ng mga nilalang, [sa kanyang kapanahunan])." 43. "O Maria! Isuko mo ang iyong sarili ng may pagtalima sa iyong Panginoon (kay Allah, sa pagsamba lamang sa Kanya) at magpatirapa ka, at ikaw ay yumukod na kasama ng mga nagpapatirapa." 44. Ito ay bahagi ng balita ng Al-Ghaib (ang nakalingid, alalaong baga, ang balita ng mga nakaraang pamayanan na wala kayong kaalaman) na Aming ipinahayag sa iyo (O Muhammad). Ikaw ay wala sa lipon nila nang sila ay magsipaghagis ng mga palaso (o busog) at magpalabunutan kung sino sa kanila ang nararapat na bigyang katungkulan sa pangangalaga kay Maria; at wala ka rin sa kanila nang sila ay nagsisipagtalo.

45. (Gunitain) nang ipagbadya ng mga anghel: "O Maria! Si Allah ay naghahatid sa iyo ng masayang balita ng isang Salita (Mangyari nga! At ito ay naganap, alalaong baga, si Hesus na anak ni Maria) mula sa Kanya, ang kanyang pangalan ay tatawaging Mesiyas, si Hesus na anak ni Maria, na itinampok sa karangalan sa mundong ito gayundin sa Kabilang Buhay, at magiging isa sa mga malalapit kay Allah." 46. Siya (Hesus) ay mangungusap sa mga tao sa kanyang duyan at sa kanyang pagbibinata, siya ay magiging isa sa mga matutuwid. 47. Siya (Maria) ay nagsabi: "O aking

Panginoon! Papaano akong magkakaroon ng anak (na lalaki) gayong wala pang lalaki ang sumaling sa akin." Siya (Allah) ay nagwika: "Ito ay magaganap, sapagkat si Allah ay lumilikha ng Kanyang maibigan." Kung Siya ay magtalaga ng isang bagay, Siya ay magwiwika lamang ng: "Mangyari nga!", at ito ay magaganap. 48. At Siya (Allah) ay magtuturo sa kanya (Hesus) ng Aklat at Al-Hikmah (alalaong baga, ang Sunnah, [mga Gawa], ang pangungusap ng mga Propeta na walang kamalian, ang karunungan, atbp.) at ng Torah (Mga Batas) at ng Ebanghelyo. 49. At Kanyang hihirangin siya (Hesus) na isang Tagapagbalita sa Angkan ng Israel (na magsasabi): "Ako ay naparito sa inyo na may dalang Tanda mula sa inyong Panginoon; aking huhubugin para sa inyo mula sa malagkit na putik, na katulad nito, ang hugis ng isang ibon, sa pamamagitan ng kapahintulutan ni Allah; at aking pagagalingin siya na ipinanganak na bulag, at ang may ketong, at aking bibigyang muli ng buhay ang patay, sa pamamagitan ng kapahintulutan ni Allah. At ipapaalam ko sa inyo kung ano ang inyong kinakain, at kung ano ang iniimbak ninyo sa inyong mga tahanan. Katotohanang naririto ang isang tanda sa inyo kung kayo ay nananalig. 50. At ako ay pumarito (sa inyo) na nagpapatotoo kung ano (ang nakapaloob) sa Torah (mga Batas) noong pang una, at upang gawing tumpak (at makatarungan) sa inyo ang ilang bahagi (ng mga bagay) na sa inyo ay ipinagbabawal, at ako ay pumarito sa inyo na may katibayan mula sa inyong Panginoon. Kaya't pangambahan ninyo si Allah at ako ay inyong sundin. 51. Katotohanan! Si Allah ay aking Panginoon at inyong Panginoon, kaya't (tanging) Siya (lamang) ang inyong sambahin. Ito ang Matuwid na Landas.

52. At (di naglaon), nang mapag-alaman ni Hesus ang kanilang kawalan ng pananampalataya, siya ay nagsabi: “Sino baga ang aking makakatulong sa Kapakanan ni Allah?” Ang mga disipulo ay nagsabi: “Kami ang mga katulong ni Allah; kami ay sumasampalataya kay Allah at nagbibigay saksi na kami ay mga Muslim (na tumatalima kay Allah).” 53. Aming Panginoon! Kami ay naniniwala sa anuman na Inyong ipinanaog, at kami ay sumusunod sa Tagapagbalita (Hesus); kaya’t (Inyong) itala kami sa lipon ng mga nagbibigay patotoo (sa Katotohanan, alalaong baga, ang nagsasabi ng “Wala ng iba pang Diyos maliban kay Allah at Siya lamang ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba). 54. At sila (ang mga hindi sumasampalataya) ay nagbalak (na patayin si Hesus) at si Allah ay nagbalak din. At si Allah ang Pinakamahusay sa lahat ng nagbabalak. 55. At (gunitain) nang winika ni Allah: “O Hesus! Ikaw ay Aking kukunin at Aking itataas sa Aking Sarili (sa Kanyang piling), at ikaw ay Aking dadalisayin (sa maling paratang at kasinungalingan, na siya ay nagsasabi na siya ay anak ni Allah) sa mga nagpaparatang (nagtutungayaw sa kawalan ng pananampalataya), at Aking gagawin ang mga sumusunod sa iyo (ang mga sumasamba lamang sa Kaisahan ni Allah) na higit na mainam kaysa sa mga walang pananampalataya (sa Kaisahan ni Allah, o sa ibang mga Sugo, o sa mga Banal na Aklat) hanggang sa dumatal ang Araw ng Muling Pagkabuhay. At kayo ay magbabalik sa Akin, at kayo ay Aking hahatulan sa pagitan ninyo sa mga bagay na inyong kinahiratihan na hindi pinagkakasunduan. 56. At sa mga hindi sumasampalataya, sila ay Aking parurusahan ng matinding kaparusahan sa mundong ito at sa Kabilang

Buhay, at sila ay walang magiging kawaksi. 57. At sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at gumagawa ng kabutihan, si Allah ay magbabayad sa kanila ng ganap na gantimpala. At si Allah ay hindi nalulugod sa Zalimun (mga tampalasan, mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kabuktutan). 58. Ang (mga bagay) na ito na Aming dinalit sa iyo (O Muhammad) ay mula sa mga Talata at Matalinong Paala-ala (alalaong baga, ang Qur'an).

59. Katotohanan, ang kahalintulad ni Hesus sa Paningin ni Allah ay katulad ni Adan. Kanyang nilikha siya mula sa alabok, at (Kanyang) winika sa kanya: "Mangyari nga!" At siya ay nalikha. 60. (Ito) ang katotohanan mula sa iyong Panginoon, kaya't huwag kang mapabilang sa mga nag-aalinlangan. 61. At kung sinuman ang makipagtalo sa iyo tungkol sa kanya (Hesus), matapos (ang lahat) ng kaalamang ito ay dumatal sa iyo (alalaong baga, na si Hesus ay isang alipin ni Allah at wala siyang bahagi ng Pagka-Diyos), iyong ipagbadya (O Muhammad): "Halina kayo, tawagin natin ang ating mga anak (na lalaki) at inyong mga anak (na lalaki), ang aming kababaihan at inyong kababaihan, ang aming sarili at inyong sarili,- at tayo ay manalangin at tawagin (ng may katapatan) na ang Sumpa ni Allah ay sumapit sa kanila na nagsisinungaling." 62. Katotohanan! Ito ang tunay na pahayag (tungkol sa buhay ni Hesus), at La ilaha ill Allah (Wala ng iba pang Diyos maliban kay Allah [Siya lamang ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba, ang Tangi at Tunay na Diyos na walang asawa o anak]). At katotohanang si Allah ay Sukdol sa Kapangyarihan, ang Ganap na Maalam. 63. At kung sila ay magsitalikod (at hindi tumanggap sa mga

tunay na katibayan), kung gayon, katiyakang si Allah ay Ganap na Nakakabatid sa mga gumagawa ng kabuhungan.
64. Ipagbadya (O Muhammad): "O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano). Halina kayo sa isang salita (usapan) na makatarungan sa pagitan namin at ninyo, na atin lamang sambahin si Allah, na huwag tayong magtambal ng anumang iba pa sa Kanya, na huwag tayong tumangkilik ng iba pa bilang panginoon maliban kay Allah. At kung sila ay magsitalikod, inyong sabihin: "Maging saksi kayo na kami ay mga Muslim (na tumatalima kay Allah)." 65. O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano)! Bakit kayo nakikipagtalo tungkol kay Abraham, gayong ang Torah (Mga Batas) at Ebanghelyo ay hindi ipinahayag hanggang pagkaraan niya? Wala ba kayong pang-unawa? 66. Katotohanan, kayo ang mga nakikipagtalo sa mga bagay na wala kayong kaalaman. Bakit kayo nakikipagtalo tungkol sa mga bagay na wala kayong kaalaman? Si Allah ang nakakaalam at kayo ay walang kaalaman. 67. Si Abraham ay hindi Hudyo, gayundin naman, siya ay hindi Kristiyano, datapuwa't siya ay tunay na Muslim na Hanifan (nananalig sa Islam, sa Kaisahan ni Allah, na karapat-dapat lamang na pag-ukulan ng pagsamba) at siya ay hindi nagtatambal ng anuman sa pagsamba kay Allah. 68. Katotohanan, sa lipon ng sangkatauhan, ang may pinakamainam na pag-aangkin kay Abraham ay sila na nagsitalima sa kanya, at sa Propetang ito (Muhammad), at sila na nagsisampalataya (mga Muslim). At si Allah ang Wali (Tagapangalaga at Kawaksi) ng mga sumasampalataya. 69. May isang pulutong sa Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ang nagnanais na ihantong kayo sa pagkaligaw. Datapuwa't

hindi nila magagawang mailigaw ang sinuman maliban sa kanilang sarili, at ito ay hindi nila napag-uunawa. 70. O Angkan ng Kasulatan! (mga Hudyo at Kristiyano): "Bakit hindi kayo nananampalataya sa Ayat (sa mga Talata tungkol kay Propeta Muhammad na nasasaad sa Torah [mga Batas] at Ebanghelyo) ni Allah, habang kayo (sa inyong mga sarili) ay sumasaksi (sa katotohanan nito). 71. O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano): "Bakit ninyo binabahiran ang katotohanan ng kasinungalingan at naglilingid sa katotohanan gayong ito ay inyong nababatid?"

72. At ang isang pulutong sa Angkan ng Kasulatan ay nagsasabi: "Maniwala (kayo) sa umaga sa mga bagay na ipinahayag sa mga sumasampalataya (mga Muslim), at inyong itakwil ito sa dulo ng araw (maghapon [o takipsilim]), upang sila ay magbalik." 73. At huwag maniwala sa sinuman, maliban sa kanya na sumusunod sa inyong pananampalataya. Ipagbadya (O Muhammad): "Katotohanan! Ang tunay na patnubay ay ang Patnubay ni Allah", at huwag (kang) maniwala na kahit sinuman ay makakatanggap ng katulad ng iyong natanggap (na Kapahayagan), maliban na kanyang sundin ang iyong pananampalataya, kung hindi, sila ay matatali sa iyo sa pakikipagtalo sa harap ng iyong Panginoon. Ipagbadya (O Muhammad): "Ang lahat ng Biyaya ay nasa Kamay ni Allah; Siya ang nagkakaloob sa sinumang Kanyang maibigan." At si Allah ay may Ganap na Kasapatan sa lahat ng pangangailangan ng Kanyang mga nilikha, ang Puspos ng Kaalaman. 74. Siya ang pumipili tungo sa Kanyang habag (sa Islam at Qur'an, at paghirang sa mga Propeta) sa sinumang Kanyang naisin, at si Allah ang Nagmamay-ari ng Malaking Kasaganaan. 75. Sa lipon

ng Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ay mayrooon, na kung siya ay pagkatiwalaan ng bara ng ginto (isang malaking kayamanan, atbp.), walang pag-aatubili na ito ay kanyang babayaran; at sa lipon nila ay mayroon sa kanila, na kung pagkatiwalaan ng isang piraso ng sensilyong pilak, ay hindi magbabayad nito maliban na sila ay paulit-ulit na singilin, sapagkat sila ay nagsasabi: "Walang maisisisi sa amin kung aming ipagkaluno at kunin ang mga ari-arian ng mga mangmang (mga Arabo)." Datapuwa't sila ay nagsasabi ng kasinungalingan laban kay Allah habang ito ay kanilang nababatid. 76. Tunay nga, sinumang tumupad sa kanyang pangako at labis na mangamba kay Allah; katotohanang si Allah ay magmamahal sa Al-Mutaqqun (mga matimtiman at matutuwid na tao).

77. Katotohanan, ang mga bumibili ng maliit na pakinabang sa halaga ng Kasunduan kay Allah at (sa) kanilang mga pangako, sila ay walang magiging bahagi sa Kabilang Buhay (Paraiso). Si Allah ay hindi mangungusap sa kanila, gayundin (Siya) ay hindi titingin sa kanila sa Araw ng Muling Pagkabuhay, gayundin ay hindi Niya dadalisayin sila, at sila ay tatanggap ng kasakit-sakit na kaparusahan. 78. At katotohanan, sa kanilang lipon ay may isang pulutong na nagbabago (nagpapalit sa kahulugan) ng Aklat sa pamamagitan ng kanilang dila (sa kanilang pagbabasa), upang iyong mapag-akala na ito ay mula sa Aklat, datapuwa't ito ay hindi mula sa Aklat, at sila ay nagsasabi: "Ito ay mula kay Allah", subalit ito ay hindi mula kay Allah; at sila ay nagsasabi ng kasinungalingan laban kay Allah habang ito ay kanilang nalalaman. 79. Hindi (makakapangyari) sa sinumang tao na pinagkalooban ni Allah ng Aklat at

Al-Hukm (karunungan at pang-unawa sa mga Batas ng pananampalataya, atbp.) at pagka-Propeta ay mangusap sa mga tao: "Kayo ay maging tagapagsamba sa akin sa halip (na tagapagsamba) ni Allah." Sa isang banda o taliwas dito, (siya ay nararapat na magsabi): "Maging Rabbaniyyun kayo (mga maalam na tao na nananampalataya at nagsasagawa ng kanilang nalalaman at nangangaral sa iba), sapagkat kayo ay nagtuturo ng Aklat, at ito ay inyong pinag-aaralan." 80. Gayundin naman, siya ay hindi mag-uutos na tangkilikin ninyo ang mga anghel at mga propeta bilang panginoon (diyos). Ipag-uutos ba niya sa inyo na mawalan kayo ng pananalig matapos na kayo ay tumalima sa pag-uutos ni Allah?

81. At (gunitain) nang kunin ni Allah ang Kasunduan ng mga Propeta na nagsasabi: "Kunin ninyo kung anuman ang Aking ibigay sa inyo mula sa Aklat ng Al-Hikmah (pang-unawa sa mga Batas ni Allah, atbp.), hindi magtatagal ay mayroong darating sa inyo na isang Tagapagbalita (Muhammad) na magpapatotoo kung ano ang nasa inyo; nararapat na kayo ay maniwala sa kanya at tulungan siya." Si Allah ay nagwika: "Kayo ba ay sumasang-ayon (dito) at inyo bang kukunin ang Aking Kasunduan (na Aking pinagtibay sa inyo)?" Sila ay nagsabi: "Kami ay sumasang-ayon." Siya (Allah) ay nagwika: "Kung gayon, kayo ay magpatotoo; at Ako ay nasa sa inyo sa lipon ng mga sumasaksi (para rito)." 82. At kung sinuman ang tumalikod (dito) pagkaroon nito, sila ang Fasiqun (mga mapaghimagsik, ang mga nagtatakwil sa pagsunod kay Allah). 83. Sila baga ay naghahanap ng iba pang Pananampalataya maliban (pa yaong) na kay Allah (Kaisahan ni Allah, at Siya lamang ang karapat-dapat na pag-

ukulan ng pagsamba), samantalang sa Kanya ay tumatalima ang lahat ng mga nilalang sa kalangitan at kalupaan, nang bukal sa kalooban at hindi bukal sa kalooban. At silang lahat sa Kanya ay magbabalik. 84. Ipagbadya (O Muhammad): "Kami ay sumasampalataya kay Allah at sa anumang ipinanaog sa amin, at sa anumang ipinanaog kay Abraham, Ismail, Isaac, Hakob at Al-Asbat (mga anak na lalaki ni Hakob) at sa mga ipinagkaloob kay Moises, Hesus, at sa mga Propeta mula sa kanilang Panginoon. Kami ay hindi nagbibigay sa kanila ng pagtatangi-tangi sa bawat isa sa kanila, at sa Kanya (Allah) kami ay tumatalima (sa Islam)." 85. At sinuman ang maghanap ng pananampalataya na iba sa Islam, ito ay hindi kailanman tatanggapin sa kanya, at sa Kabilang Buhay, siya ay isa sa mga talunan. 86. Paano baga papatnubayan ni Allah ang mga tao na nawalan ng paniniwala matapos na sila ay manampalataya, at matapos na sila ay magbigay saksi na ang Tagapagbalita (Muhammad) ay katotohanan, at matapos ang maliliwanag na katibayan ay dumatal sa kanila? At si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na Zalimun (mga tampalasan at mapagsamba sa diyus-diyosan). 87. Sila (nga) na ang kabayaran, ay (sasapit) sa kanila ang Sumpa ni Allah, ng mga anghel, at lahat ng sangkatauhan. 88. Sila ay mananatili roon (sa Impiyerno). Ang kanilang kaparusahan ay hindi pagagaanin, gayundin naman, ito ay hindi aantalahin o ipagpapaliban (kahit na sa maigsing sandali). 89. Maliban sa mga nagsisisi matapos yaon at gumagawa ng kabutihan. Katotohanan, si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 90. Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya matapos na sila ay manampalataya at sa kalaunan ay nagpatuloy

na tumitindi ang kanilang kawalan ng paniniwala (alalaong baga, hindi paniniwala sa Qur'an at kay Propeta Muhammad) – kailanman ang kanilang pagsisisi ay hindi tatanggapin (sapagkat nagsisisi lamang sila sa kanilang dila, ngunit hindi mula sa kanilang puso). At sila ang mga naliligaw. 91. Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya at namatay habang sila ay hindi nananampalataya, ang (buong) kalupaan na tigib ng ginto ay hindi tatanggapin kahit kaninuman mula sa kanila, kahit na ito ay (kanilang) ialay bilang isang pantubos. Para sa kanila ay isang masakit na kaparusahan at sila ay walang magiging kawaksi.

92. Sa anumang kaparaanan ay hindi ninyo maaabot ang Al Birr (kabanalan, katuwiran, atbp., ang ipinapakahulugan dito ay ang gantimpala ni Allah, ang Paraiso), maliban na gugulin ninyo (sa Kapakanan ni Allah) ang mga bagay na inyong minamahal; at anumang bagay na inyong gugulin, si Allah ay ganap na nakakatalos nito. 93. Ang lahat ng pagkain ay pinapayagan sa Angkan ng Israel, maliban kung ano ang ipinagbawal ni Israel sa kanyang sarili, bago pa ang Torah (mga Batas) ay ipinahayag. Ipagbadya (O Muhammad): "Dalhin ninyo rito ang Torah (mga Batas) at dalitin ito, kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan." 94. At kung sinuman ang kumatha ng kasinungalingan matapos ito nang laban kay Allah, sila ay katiyakang Zalimun (mga hindi sumasampalataya, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, atbp.). 95. Ipagbadya (O Muhammad): "Si Allah ay nagwika ng katotohanan; sundin ninyo ang pananampalataya ni Abraham na Hanifan (paniniwala sa Kaisahan ni Allah at Siya lamang ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba), at siya ay hindi isa sa Al-Mushrikun

(mga pagano, mapagsamba sa maraming diyus-diyosan at hindi naniniwala sa Kaisahan ni Allah). 96. Katotohanan, ang unang Tahanan (ng pagsamba) na itinalaga sa sangkatauhan ay yaong sa Bakkah (Makkah), puspos ng biyaya, at isang patnubay sa lahat ng mga nilalang. 97. Sa loob nito ay may mga lantad na Tanda (bilang halimbawa), ang Maqam (ang bahagi na tinindigan) ni Abraham; sinuman ang pumasok dito, siya ay magkakamit ng kapanatagan. Ang Hajj (Pilgrimahe sa Makkah) sa Tahanan ay isang tungkulin na utang ng sangkatauhan kay Allah, sa mga may kakayahang gumugol (sa sasakyan, pagkain at tirahan); at sinuman ang hindi manampalataya (alalaong baga, ang tumalikod sa Hajj [Pilgrimahe sa Makkah]), kung gayon, siya ay hindi nananampalataya (kay Allah), at si Allah ay hindi nangangailangan ng tulong sa sinuman sa (Kanyang) mga nilalang. 98. Ipagbadya: "O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano)! Bakit ninyo itinatakwil ang Ayat (mga katibayan, aral, kapahayagan, tanda, atbp.) ni Allah, habang si Allah ang Saksi sa inyong ginagawa?" 99. Ipagbadya: "O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano)! Bakit ninyo pinipigilan ang mga sumasampalataya tungo sa landas ni Allah, na (kayo) ay nagnanais na gawin itong baluktot, samantalang kayo (sa inyong sarili) ay saksi (kay Muhammad bilang isang Tagapagbalita ni Allah at sa Islam bilang relihiyon ni Allah)? At hindi nalilingid kay Allah ang inyong ginagawa."

100. O kayong nagsisisampalataya! Kung kayo ay susunod sa isang pangkat ng mga pinagkalooban ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano), katotohanang kayo ay kanilang ibabalik sa kawalan ng pananalig matapos na

kayo ay manampalataya! 101. At paano ba kayo mawawalan ng pananampalataya, habang sa inyo ay dinadalit ang mga Talata ni Allah, at nasa lipon ninyo ang Kanyang Tagapagbalita (Muhammad)? At sinuman ang manangan nang matatag kay Allah (alalaong baga, sumunod sa Islam at sa mga ipinag-uutos ni Allah), kung gayon, katiyakang siya ay tunay na napapatnubayan sa tamang landas. 102. O kayong nagsisisampalataya! Pangambahan ninyo si Allah (sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang ipinagbabawal) kung paano Siya nararapat na pangambahan. (Sundin ninyo Siya, magbigay ng pasasalamat sa Kanya at lagi Siyang alalahanin), at huwag (hayaang kayo) ay pumanaw maliban na kayo ay nasa loob (katatayuan) ng Islam (bilang mga Muslim) na may ganap na pagtalima kay Allah. 103. At kayo ay manangan nang mahigpit, lahat kayo nang sama-sama, sa Lubid ni Allah (alalaong baga, sa Qur'an), at huwag kayong maging magkakahiwalay sa isa't isa, at inyong alalahanin ang biyaya ni Allah sa inyo, sapagkat kayo ay magkakaaway at Kanyang pinag-isa ang inyong mga puso nang magkakasama, at sa pamamagitan ng Kanyang biyaya ay naging magkakapatid kayo (sa pananampalatayang Islam), at kayo ay nasa bingit na ng Lambak ng Apoy, at Kanyang iniligtas kayo rito. Sa ganito ay ginagawa ni Allah ang Kanyang Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.) na maging maliwanag sa inyo upang kayo ay mapatnubayan.

104. Hayaang may tumindig mula sa lipon ninyo na mga tao na nag-aanyaya sa lahat ng mabuti (Islam), na nagtatagubilin ng Al Ma'ruf (Kaisahan ni Allah sa Islam, at lahat ng mga ipinag-utos ni Allah na dapat gawin) at nagbabawal sa Al

Munkar (pagsamba sa maraming diyus-diyosan, kawalan ng pananalig at lahat ng ipinagbabawal sa Islam). At sila ang magsisipagtagumpay. 105. At huwag kayong mapabilang sa mga naghihiwa-hiwalay at may pagkakasalungatan sa kanilang sarili matapos ang maliwanag na katibayan ay dumatal sa kanila. Sila ang daratnan ng nakakapangilabot na kaparusahan. 106. Sa Araw na ito (Araw ng Muling Pagkabuhay), ang ilang mga mukha ay magiging maputi (maliwanag) at ang ilang mukha ay magiging maitim (madilim); at sa kanila na ang mukha ay maiitim (sa kanila ay ipagbabadya): "Kayo ba ay nagtakwil ng pananampalataya matapos na ito ay inyong tanggapin? Kung gayon, inyong lasapin ang kaparusahan (sa Impiyerno) dahilan sa (inyong) pagtatakwil sa Pananampalataya." 107. At sa kanila na ang mukha ay magiging maputi (maliwanag), sila ay hahantong sa Habag ni Allah (Paraiso), sila ay mananahan dito magpakailanman. 108. Ito ang mga Talata ni Allah; dinalit Namin ito sa iyo (O Muhammad) sa katotohanan, at si Allah ay hindi nagnanais ng kawalang katarungan sa Kanyang mga nilalang. 109. At si Allah ang nag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at ng lahat ng nasa kalupaan. At ang lahat ng bagay ay magbabalik kay Allah (upang pagpasyahan).

110. Kayo (na tunay na naniniwala sa Kaisahan ni Allah at sumusunod kay Propeta Muhammad at sa kanyang mga gawa) ang pinakamainam sa lahat ng mga tao na nilikha sa (lipon) ng sangkatauhan, kayo ay nagtatagubilin ng Al-Ma'ruf (paniniwala sa Kaisahan ni Allah at sa lahat ng ipinag-uutos ng Islam) at nagbabawal sa Al-Munkar (paniniwala sa maraming diyus-diyosan, kawalan ng pananalig, at sa lahat ng ipinagbabawal sa Islam), at kayo

ay sumasampalataya kay Allah. At kung ang Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ay sumampalataya lamang, ito (sana) ay higit na mabuti para sa kanila; sa lipon nila ay may ilan na may pananalig, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay Al-Fasiqun (palasuway kay Allah at mapaghimagsik laban sa kautusan ni Allah). 111. Sila ay hindi makakagawa sa inyo ng kasahulan (kapinsalaan), maliban sa walang saysay na pang-iinis; at kung sila ay lumaban sa inyo, ay ipapakita nila ang kanilang likuran, at sila ay hindi tutulungan. 112. Ang kawalang dangal ay inilapat sa kanila kahit saan man sila naroroon, maliban kung sila ay nasa ilalim ng kasunduan (ng pangangalaga) mula kay Allah, at mula sa mga tao; sila ang humatak tungo sa kanilang sarili ng Poot ni Allah, at ang pagkawasak ay inilapat sa kanila. Ito'y sa dahilang sila ay hindi nanampalataya sa Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.) ni Allah at pinatay nila ang mga Propeta ng walang katarungan. Ito'y sa dahilang sinuway nila (si Allah) at nahirati na lumabag nang lagpas sa hangganan (nang pagsuway kay Allah; mga krimen at kasalanan).

113. Hindi lahat sila ay magkakatulad; ang isang pangkat ng Angkan ng Kasulatan ay tumitindig sa katuwiran, sila ay dumadalit ng mga Talata ni Allah sa mga sandali ng gabi, na nagpapatirapa sa kanilang sarili sa pananalangin. 114. Sila ay nananampalataya kay Allah at sa Huling Araw; sila ay nagtatagubilin ng Al-Ma'ruf (paniniwala sa Kaisahan ni Allah at pagsunod kay Propeta Muhammad) at nagbabawal sa Al-Munkar (pagsamba sa maraming diyus-diyosan, kawalan ng paniniwala at pagtutol kay Propeta Muhammad); at sila ay nagmamadali (sa lahat)

ng mabubuting gawa; at sila ay nasa lipon ng matutuwid.
115. At anumang mabuti ang kanilang gawin, walang anuman
ang itatakwil sa kanila; sapagkat ganap na batid ni Allah
kung sino ang Al Muttaqun (mga matimtiman, matutuwid,
mabubuting tao). 116. Katotohanan, ang mga nagtatakwil ng
Pananampalataya (hindi sumasampalataya kay Muhammad
bilang Tagapagbalita ni Allah at lahat ng kanyang dinala
mula kay Allah), ang kanilang mga ari-arian gayundin ang
kanilang mga anak ay walang maibibigay na kapakinabangan
laban kay Allah. Sila ay magsisipanirahan sa Apoy, dito sila
ay mananatili. 117. Ang kahalintulad ng kanilang ginugugol
sa mundong ito ay katulad ng hangin na lubhang malamig;
ito ay tumama sa ani ng mga tao na gumawa ng kamalian
sa kanilang sarili at puminsala nito (alalaong baga, ang
mabuting gawa ng isang tao ay tatanggapin lamang kung
siya ay naniniwala sa Kaisahan ni Allah at sa lahat ng mga
propeta, kasama na si Hesukristo at Muhammad). Sila ay
hindi ipinalungi ni Allah, datapuwa't sila ang nagpalungi sa
kanilang sarili.

118. O kayong nagsisisampalataya! Huwag ninyong kunin
bilang Bitanah (tagapayo, tagapangalaga, kawaksi, kaibigan,
atbp.) ang mga nasa labas ng inyong pananampalataya (mga
pagano, Hudyo, Kristiyano at mapagkunwari), sapagkat
sila ay hindi titigil na gawin ang kanilang makakaya
upang kayo ay pasamain. Sila ay nagnanais na bigyan
kayo ng matinding kapinsalaan. Ang pagkamuhi ay ganap
nang sumilay sa kanilang bibig, subalit ang inililingid ng
kanilang dibdib ay higit na masama. Katiyakan, Aming
ginawa na magaan sa inyo ang Ayat (mga kapahayagan,
aral, katibayan, tanda, atbp.), kung kayo ay nakakaunawa.

119. Ah! Kayo ang mga nagmamahal sa kanila datapuwa't sila ay hindi nagmamahal sa inyo, at kayo ay nananampalataya sa lahat ng mga Kasulatan (alalaong baga, kayo ay naniniwala sa Torah {mga Batas} at Ebanghelyo, samantalang sila ay hindi naniniwala sa inyong Aklat, ang Qur'an). At kung sila ay makadaupang palad ninyo, sila ay nagsasabi, "Kami ay sumasampalataya". Subalit kung sila ay nag-iisa, kanilang kinakagat ang dulo ng kanilang daliri dahil sa galit sa inyo. Ipagbadya: "Kayo ay maglalaho sa inyong galit." Katiyakang batid ni Allah kung ano ang (lahat ng lihim) na nasa dibdib. 120. At kung ang mabuting bagay ay mangyari sa inyo, ito ay nakakapagpalumbay sa kanila, datapuwa't kung ang ilang kasamaan ay manaig sa inyo, sila ay natutuwa rito. Ngunit kung kayo ay mananatiling matimtiman at maging Al Muttaqun (matiyaga sa pagbabata at pagiging matuwid), wala ni isa mang katiting na kapinsalaan ang magagawa ng kanilang katusuhan sa inyo. Katotohanang si Allah ang nakakatalos ng lahat nilang ginagawa.

121. At (gunitain) nang ikaw (O Muhammad) ay lumisan sa iyong mag-anak nang (isang) umaga upang italaga ang mga sumasampalataya sa kanilang puwesto sa digmaan (ng Uhud). At si Allah ang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Nakakaalam. 122. Nang ang dalawang pangkat sa lipon ninyo ay malapit na sanang mawalan ng pag-asa (damdamin), subalit si Allah ang kanilang naging Wali (Kapanalig at Tagapangalaga). At ang mga sumasampalataya ay nararapat na magtiwala kay Allah. 123. At si Allah ang nagpahintulot sa inyo na maging matagumpay sa Badr, nang kayo ay isa pang mahina at maliit na puwersa. Kaya't lubha ninyong pangambahan si Allah (umiwas sa lahat ng uri ng kasalanan

at kasamaan na Kanyang ipinagbabawal at higit ninyong mahalin si Allah sa paggawa ng lahat ng uri ng mabuti na Kanyang ipinag-uutos) upang kayo ay magkaroon ng damdamin ng pasasalamat. 124. (Gunitain) nang ikaw (O Muhammad) ay magbadya sa mga sumasampalataya, "Hindi pa ba sapat sa inyo na ang inyong Panginoon (Allah) ay nangyaring tumulong sa inyo sa pamamagitan ng tatlong libong anghel; na (Kanyang) ipinanaog?" 125. "Tunay nga, kung kayo ay mananatiling matiyaga at may kabanalan, at ang kaaway ay lumusob sa inyo; ang inyong Panginoon ay tutulong sa inyo sa pamamagitan ng limang libong anghel na may tatak (ng pagiging katangi-tangi)." 126. Hindi ito ginawa ni Allah maliban sa isang mensahe ng mabuting balita sa inyo at bilang isang katiyakan (kapanatagan) sa inyong puso. At walang tagumpay malibang nagmula kay Allah, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Tigib ng Kaalaman, 127. Na Kanyang maputol ang isang bahagi ng hindi sumasampalataya, o mailantad sila sa kabuktutan, upang sila ay umurong na bigo. 128. Hindi para sa iyo (O Muhammad), ngunit para kay Allah ang pagpapasya; kahima't Siya ay magbigay ng habag (upang patawarin) sila o parusahan sila; katotohanang sila ay Zalimun (mga tampalasan, buhong, buktot, mapagsamba sa diyus-diyosan). 129. At si Allah ang nag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan. Kanyang pinatatawad ang Kanyang maibigan, at nagpaparusa sa Kanyang maibigan. At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

130. O kayong nagsisisampalataya! Huwag kayong magkamal ng Riba (patubo sa pera at pautang), ng dalawang ulit at patong-patong, datapuwa't pangambahan

(ninyo) si Allah upang kayo ay maging matagumpay. 131. At katakutan ninyo ang Apoy, na inihanda sa mga hindi sumasampalataya. 132. At sundin si Allah at ang (Kanyang) Tagapagbalita (Muhammad) upang kayo ay magkamit ng habag. 133. At maging maagap sa pag-uunahan tungo sa kapatawaran ni Allah, at sa Paraiso na kasinglawak na tulad ng kalangitan at ng kalupaan na inihanda sa Al-Muttaqun (mga matimtiman, mabuti, matuwid na tao). 134. Ang mga gumugugol (sa Kapakanan ni Allah; mga gawang kawanggawa, limos at tulong, atbp.) sa kasaganaan at kahirapan, na nagtitimpi ng galit at nagpapatawad ng mga tao; katotohanang si Allah ay nagmamahal sa mga gumagawa ng kabutihan. 135. At yaong (mga tao) na kung sila ay nakagawa ng labag na pakikipagtalik o nagpalungi ng kanilang sarili sa kasamaan, ay nakakaala-ala kay Allah at humihingi ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan; - at sino pa ba kaya ang magpapatawad ng mga kasalanan maliban kay Allah? – At hindi matigas ang ulo sa pagpupumilit (sa kamalian) na kanilang nagawa. 136. Sa ganito, ang gantimpala ay Kapatawaran mula sa kanilang Panginoon, at mga Halamanan na sa ibaba nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso), sila ay mananatili rito magpakailanman. Tunay na napakainam ang ganitong gantimpala sa mga gumagawa (at nagsisikap sa kabutihan ng ayon sa pag-uutos ni Allah). 137. Maraming mga katulad na pamamaraan (at kasahulan sa buhay) ang nakaharap ng mga pamayanan (mga bansa, na sumasampalataya at hindi sumasampalataya) na nagsipanaw na nang una pa sa inyo (katulad ng inyong nakaharap sa Uhud), kaya't magsipaglakbay sa kalupaan at pagmasdan kung ano ang

kinasapitan ng mga hindi nagsisampalataya (sa Kaisahan ni Allah, sumuway sa Kanya at sa Kanyang mga Tagapagbalita). 138. Ito (ang Qur'an) ay isang maliwanag na pangungusap sa sangkatauhan, isang patnubay at pagtuturo sa mga (tao) na Al-Muttaqun (mga matimtiman, matuwid at mabuting tao).

139. Kaya't huwag kayong maging mahina (laban sa inyong kaaway), at huwag ding malumbay, kayo ay mangunguna (sa tagumpay) kung katotohanan na kayo ay (tunay) na sumasampalataya. 140. Kung ang sugat (o pamamatay) ay sumapit sa inyo, tiyakin ninyo na ang katulad na sugat (o pamamatay) ay sumapit din sa iba. At gayundin, ang mga araw (na mabuti at hindi lubhang mabuti) ay Aming ibinigay sa mga tao nang halinhinan, upang masubukan (ni Allah) ang mga sumasampalataya at upang Kanyang matipon ang mga martir mula sa inyong lipon. At si Allah ay hindi nalulugod sa Zalimun (mga buhong, buktot, tampalasan, mapagsamba sa diyus-diyosan). 141. At upang masubukan ni Allah (o mapadalisay) ang mga sumasampalataya (sa kanilang kasalanan) at mawasak ang mga hindi sumasampalataya. 142. Napag-aakala ba ninyo na kayo ay makakapasok sa Paraiso bago pa man masubukan ni Allah ang karamihan sa inyo na nakipaglaban (sa Kanyang Kapakanan) at (gayundin) ay (Kanyang) masubukan sila na nanatiling matiyaga? 143. Katiyakang kayo ay nagnais ng kamatayan (pagiging martir) bago ito ay inyong nakaharap. Ngayon, ito ay inyong napagmalas nang lantaran sa inyong sariling mga mata.

144. Si Muhammad ay hindi hihigit pa sa isang Tagapagbalita, at katotohanang (marami) ng Tagapagbalita

ang pumanaw nang una pa sa kanya. Kung siya ay namatay o napatay, kayo ba ay tatalikod sa inyong mga sakong (bilang hindi nananampalataya)? At siya na tumatalikod sa kanyang sakong, walang anumang katiting na kapinsalaan ang magagawa niya kay Allah, at si Allah ang magbibigay ng gantimpala sa mga may damdamin ng pasasalamat. 145. At walang sinuman ang maaaring mamatay maliban sa Kanyang kapahintulutan at sa natataningang araw. At sinuman ang maghangad ng gantimpala sa mundong (ito), Aming ipagkakaloob ito sa kanya; at sinumang maghangad ng gantimpala sa Kabilang Buhay, Aming ipagkakaloob ito sa kanya. At Aming gagantimpalaan ang mga may pagtanaw ng utang na loob. 146. At marami sa propeta (alalaong baga, marami sa lipon ng mga propeta) ang nakipaglaban (sa Kapakanan ni Allah), at kanyang kasama (na nakipaglaban) ay malaking pangkat ng relihiyoso at maalam na kalalakihan. Ngunit kailanman, hindi sila nawalan ng pag-asa (sa damdamin at puso) sa anumang sumapit sa kanila tungo sa Landas ni Allah, gayundin ay hindi sila pinanghinaan (ng loob) o ginawang kaaba-aba ang kanilang sarili. At si Allah ay nagmamahal sa mga matitiyaga. 147. At sila ay hindi nagsasabi ng anuman maliban sa: "Aming Panginoon! Patawarin Ninyo ang aming mga kasalanan at ang aming paglabag (sa mga tungkulin namin sa Inyo), patatagin Ninyo ang aming mga paa at Inyong pagkalooban kami ng tagumpay laban sa mga hindi nananampalataya." 148. Kaya't ibinigay ni Allah sa kanila ang gantimpala ng mundong ito, at ang pinakamainam na gantimpala ng Kabilang Buhay. At si Allah ay nagmamahal sa mga gumagawa ng kabutihan.

149. O kayong nagsisisampalataya! Kung kayo ay

susunod sa mga hindi sumasampalataya, kayo ay kanilang ibabalik sa inyong mga sakong, at kayo ay tatalikod (sa pananampalataya) bilang mga talunan. 150. Hindi, si Allah ang inyong Maula (Patron, Panginoon, Kapanalig, Tagapangalaga, atbp.), at Siya ang Pinakamagaling sa lahat ng mga tumutulong. 151. Kami (Allah) ay maghahasik ng lagim sa puso ng mga hindi sumasampalataya sapagkat sila ay nagtambal ng iba pa sa pagsamba kay Allah, at (tungkol dito), Siya ay hindi nagbigay ng kapamahalaan; ang kanilang tirahan ay Apoy at gaano kasama ang tirahan ng Zalimun (mga buhong, buktot, tampalasan, mapagsamba sa diyus-diyosan, atbp.). 152. At katiyakang tinupad ni Allah ang Kanyang pangako sa inyo habang sila (na inyong kaaway) ay inyong pinapatay sa Kanyang pahintulot; hanggang (sa sandaling) kayo ay nawalan ng katapangan at humantong sa pakikipagtalo tungkol sa utos, at hindi sumunod matapos na maipakita Niya sa inyo (ang labing yaman ng digmaan) na inyong ninanais. Sa lipon ninyo ay mayroong nagnanais sa mundong ito at ang iba ay naghahangad sa Kabilang Buhay. At Kanyang binayaan na kayo ay tumalilis sa (inyong kaaway), upang kayo ay Kanyang masubukan. Datapuwa't katotohanang kayo ay Kanyang pinatawad, at si Allah ang Pinakamapagbigay sa mga sumasampalataya. 153. (At gunitain) nang kayo ay tumalilis (ng may pangingilabot) na hindi man lamang lumilingon sa sinuman, at ang Tagapagbalita (Muhammad) ay nasa inyong likuran na tumatawag sa inyo upang kayo (ay magbalik). Dito, si Allah ay nagbigay sa inyo ng sunod-sunod na pagkabalisa sa pamamagitan ng kabayaran upang kayo ay maturuan na huwag malumbay sa bagay na nakaalpas sa inyo, gayundin

naman sa bagay na sumapit sa inyo. At si Allah ang Ganap na Nakakatalos ng lahat ninyong ginagawa.

154. At makaraan ang panganib, Siya ay nagpapanaog ng kapanatagan sa inyo. Ang antok ay nakapanaig sa isang pangkat sa inyo, samantalang ang ibang pangkat ay nag-iisip ng tungkol sa kanilang sarili (kung paano sila makakaligtas, at hindi nagmamalasakit sa iba pa at sa Propeta) at nag-iisip ng mali tungkol kay Allah, – ang kaisipan ng kawalang kaalaman. Sila ay nagsabi, "Kami ba ay mayroong anumang bahagi sa pangyayari?" Ipagbadya (O Muhammad): "Katotohanang si Allah ang may pag-aangkin sa lahat ng pangyayari." Itinatago nila sa kanilang sarili ang bagay na wala silang lakas ng loob na ilantad sa iyo, na nagsasabi: "Kung kami ay walang dapat gawin sa pangyayari, walang sinuman sa amin ang masasawi rito." Ipagbadya: "Kahit na kayo ay namalagi sa inyong tahanan, ang mga itinalaga na mamatay, (sila) ay katiyakang patutungo sa pook ng kanilang kamatayan," ngunit upang masubukan ni Allah kung ano ang laman ng kanilang puso at Mahis-in (subukan, dalisayin, maibsan) ang mga bagay na nasa inyong puso (mga kasalanan), at si Allah ang Ganap na Nakakatalos kung ano ang nasa (inyong) dibdib. 155. Ang mga tumalikod sa (karamihan) ninyo nang araw na ang dalawang pangkat (karamihan ng tao) ay magtagpo (alalaong baga, sa digmaan ng Uhud), si Satanas ang gumawa sa kanila na tumalilis (tumakas sa gitna ng labanan) dahilan sa ilang (kasalanan) na kanilang kinita. Datapuwa't si Allah ay katotohanang nagpatawad sa kanila. Katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamapagpaumanhin.

156. O kayong nagsisisampalataya! Huwag kayong tumulad

sa kanila na hindi nananampalataya (mga mapagkunwari) at nagsasabi sa kanilang kapatid kung sila ay naglalakbay sa kalupaan o lumalabas upang lumaban: "Kung sila lamang ay nanatili sa amin, sila sana ay hindi nasawi o napatay," upang gawin ni Allah na ito ay maging sanhi ng pagsisisi sa kanilang puso. Si Allah ang nagbibigay ng buhay at nagbibigay ng kamatayan. At si Allah ang Ganap na Nakakamasid ng anumang inyong ginagawa. 157. At kung kayo ay napatay o nasawi sa Landas ni Allah, ang kapatawaran at habag mula kay Allah ay higit na mainam kaysa sa lahat nilang naipon (na makamundong kayamanan, atbp.) 158. At kahit na kayo ay nasawi o napatay, katotohanang kay Allah, kayong (lahat) ay titipunin. 159. At sa pamamagitan ng habag ni Allah, sila ay inyong pinakitunguhan nang mabanayad. At kung kayo ay naging mabagsik at naging matigas ang puso, sila marahil ay magkakawatak-watak sa paligid ninyo, kaya't pabayaan ninyo (ang kanilang kamalian), at manawagan (kay Allah) ng kapatawaran sa kanila; at sangguniin sila tungkol sa pangyayari. At kung kayo ay nakagawa na ng pasya, ibigay ninyo ang inyong pagtitiwala kay Allah, katiyakang si Allah ay nagmamahal sa mga nagtitiwala (sa Kanya). 160. At kung si Allah ay tumulong sa inyo, walang sinuman ang makakapanaig sa inyo; at kung kayo ay Kanyang talikdan, sino pa ba kaya maliban sa Kanya ang makakatulong sa inyo? At kay Allah (lamang), hayaan ang mga sumasampalataya ay magtiwala.

161. Hindi isang katampatan para sa sinumang propeta ang kumuha ng walang katarungan sa isang bahagi ng labing yaman ng digmaan (Ghulul, - magnakaw sa labing yaman ng digmaan bago pa ito paghati-hatiin), at sinuman ang

luminlang sa kanyang mga kasamahan tungkol sa labing yaman ng digmaan, sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay kanyang ilalabas ang bagay na kanyang kinuha (ng walang katarungan). At ang bawat tao ay babayaran nang ganap sa anumang kanyang kinita, - at sila ay hindi pakikitunguhan ng kawalang katarungan. 162. Siya kaya na sumusunod sa mabuting kaluguran ni Allah (sa hindi pagkuha ng labing yaman ng digmaan ng walang pahintulot) ay katulad niya na humahatak sa kanyang sarili ng Poot ni Allah (sa pamamagitan ng pagkuha ng labing yaman ng digmaan ng walang pahintulot o Ghulul)? – ang kanyang pananahanan ay Impiyerno, - at tunay na pagkasama-sama ang gayong hantungan! 163. Sila ay nasa magkakaibang antas sa paningin ni Allah, at si Allah ang Ganap na Nakakamasid ng anumang kanilang ginagawa. 164. Katotohanang si Allah ay nagbigay ng malaking biyaya sa mga sumasampalataya nang Kanyang isinugo sa karamihan nila ang isang Tagapagbalita (Muhammad) na nagmula sa kanilang lipon, na dumadalit sa kanila ng Kanyang mga Talata (ang Qur'an), at nagpapadalisay sa kanila (sa mga kasalanan sa pamamagitan ng pagsunod sa kanya) at nagtuturo sa kanila ng nasa Aklat (ang Qur'an) at Al-Hikmah (karunungan at mga gawa ng Propeta, alalaong baga, sawikain, pagsamba, atbp.), samantalang bago pa rito, sila ay nasa lantad na kamalian.

165. (Ano ang nangyayari sa inyo)? Nang ang isang kapinsalaan ay humampas sa inyo, bagama't inyong hinampas (ang inyong mga kaaway) na dalawang ulit na matindi, kayo ay nagsasabi: "Saan kaya nanggagaling itong sumapit sa amin?" Ipagbadya (sa kanila), "Ito ay mula sa

inyong sarili (dahilan sa inyong masasamang gawa).” At si Allah ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay. 166. Ang inyong pinagdusahan (na kapinsalaan) sa araw (ng Digmaan ng Uhud), nang ang dalawang sandatahan ay magkatagpo ay sa pamamagitan ng kapahintulutan ni Allah, upang Kanyang masubukan ang mga sumasampalataya. 167. At upang Kanyang masubukan ang mga mapagkunwari, sa kanila ay ipinagbadya: “Halina kayo, tayo ay makipaglaban (tungo) sa Landas ni Allah o (kahit paano) ay ipagtanggol (ninyo) ang inyong sarili.” Sila ay nagsabi: “Kung alam lamang namin na ang paglalaban ay magaganap, katiyakang kami ay susunod sa inyo.” Sila nang araw na ito ay higit na malapit sa kawalan ng pananalig kaysa sa Pananampalataya, na nagsasabi sa kanilang bibig ng bagay na wala sa kanilang puso. At si Allah ang may ganap na kaalaman sa anumang kanilang ikinukubli. 168. (Sila ang) nagsabi tungkol sa nasawi nilang mga kapatid habang sila ay nakaupo (sa kanilang tahanan): “Kung sila lamang ay nakinig sa amin, sila sana ay hindi napatay.” Ipagbadya: “Pigilan ninyo ang kamatayan sa inyong sarili kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan.”

169. Huwag ninyong akalain na ang mga nasawi sa Landas ni Allah ay patay. Hindi, sila ay buhay, sa (piling) ng kanilang Panginoon, at sila ay may mga panustos (o ikabubuhay). 170. Sila ay nagsasaya sa ipinagkaloob sa kanila ni Allah mula sa Kanyang biyaya, na nagsasaya para sa kapakanan ng mga hindi pa nakasama sa kanila subalit naiwan pa (hindi pa naging martir), sa kanila ay walang daratal na pangangamba, gayundin sila ay hindi malulumbay. 171. Sila ay nagsasaya sa Biyaya at Kasaganaan mula kay Allah, at hindi hahayaan ni Allah na mawalang kabuluhan ang

gantimpala ng mga sumasampalataya. 172. Ang mga tumugon (sa panawagan) ni Allah at ng (Kanyang) Tagapagbalita (Muhammad), matapos na masugatan; sila na gumawa ng kabutihan at nangamba kay Allah ay mayroong malaking gantimpala. 173. Ang (mga mapagkunwari) na nagsabi sa mga tao (na sumasampalataya): "Katotohanan, ang mga tao (mga pagano) ay nagtipon-tipon laban sa inyo (na malaking sandatahan), kung gayon, inyong katakutan sila." Datapuwa't ito ay lalo (lamang) nagpasidhi sa kanilang Pananampalataya, at sila ay nagsabi: "Si Allah (lamang) ay sapat na sa amin, at Siya ang Pinakamainam sa Pag-aayos ng lahat ng pangyayari (para sa amin)." 174. Kaya't sila ay nagbalik na taglay ang Biyaya at Kasaganaan mula kay Allah. Walang anumang kapinsalaan ang sumaling sa kanila; at sila ay sumunod sa mabuting kaluguran ni Allah. At si Allah ang nag-aangkin ng Malaking Kasaganaan. 175. Si Satanas lamang ang nagmumungkahi sa inyo ng pagkatakot sa kanyang auliya (mga kakampi at kaibigan [mga mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah at sa Kanyang Tagapagbalitang si Muhammad]), huwag ninyong katakutan sila, datapuwa't inyong pangambahan Ako, kung kayo ay (tunay) na sumasampalataya.

176. At huwag hayaan na sila ay magbigay sa iyo ng kalumbayan (O Muhammad), na nagmamadali sa kawalan ng pananampalataya; katotohanan, wala isa mang katiting na kapinsalaan ang magagawa nila kay Allah. Ito ay kagustuhan ni Allah na huwag silang bigyan ng anumang bahagi ng Kabilang Buhay. Sa kanila ay may malaking kaparusahan. 177. Katotohanan, ang bumibili ng kawalan ng pananampalataya sa halaga ng Pananalig, walang anumang

kasahulan ang magagawa nila kay Allah. Sa kanila ay may malaking kaparusahan. 178. At huwag hayaan ang mga hindi sumasampalataya ay mag-akala na ang Aming pagpapaliban ng kanilang kaparusahan ay mabuti para sa kanila. Amin lamang ipinagpapaliban ang kanilang kaparusahan upang kanilang dagdagan pa ang kanilang pagiging makasalanan. At sa kanila ay mayroong kahiya-hiyang kaparusahan. 179. Si Allah ay hindi mag-iiwan sa mga sumasampalataya sa kalagayan na kinalalagyan ninyo ngayon, hanggang sa Kanyang makita ang pagkakaiba ng masasama at mabubuti. At hindi rin ilalantad sa inyo ni Allah ang mga lihim ng Ghaib (mga bagay na hindi nakikita at lingid sa ating kaalaman), subalit si Allah ay humihirang ng Kanyang mga Tagapagbalita sa sinuman na Kanyang mapusuan. Kaya't sumampalataya kayo kay Allah at sa Kanyang mga Tagapagbalita, at sa inyo ay may malaking gantimpala.

180. At huwag hayaan ang mga mapag-imbot na nagtatago sa mga bagay na ipinagkaloob sa kanila mula sa Kanyang Kasaganaan (Biyaya) ay mag-akala na ito ay mabuti sa kanila (kaya sila ay hindi nagbabayad ng Zakah [katungkulang kawanggawa]). Hindi, ito ay higit na masama sa kanila; ang mga bagay na kanilang itinatago ng may kasakiman ay itatali sa kanilang leeg na katulad ng (kadenang) kuwelyo sa Araw ng Muling Pagkabuhay. At si Allah ang nag-aangkin ng mga pamana ng kalangitan at kalupaan; at si Allah ay Ganap na Nakakabatid ng lahat ninyong ginagawa. 181. Katotohanan, si Allah ay nakarinig sa pangungusap ng (mga Hudyo) na nagsasabi: "Katotohanang si Allah ay maralita at tayo ay mayaman!" Aming itatala ang kanilang sinalita at ang kanilang pagpatay sa mga Propeta ng walang katarungan,

at Aming wiwikain: "Lasapin ninyo ang kaparusahan ng naglalagablab (na Apoy)." 182. Ito'y dahil sa gayong (kasamaan) na dinala ng inyong mga kamay sa harapan ninyo. At katiyakang si Allah ay hindi kailanman naging di-makatarungan sa (Kanyang) mga alipin. 183. (Magkakatulad) ang (mga Hudyo) na nagsabi: "Katotohanang si Allah ay tumanggap sa aming pangako na kami ay hindi sasampalataya sa sinumang Tagapagbalita maliban na siya (Tagapagbalita) ay magdala sa amin ng isang handog na sisilain ng apoy (mula sa langit)." Ipagbadya: "Katotohanang may dumatal sa inyo na mga Tagapagbalita nang una pa sa akin na may maliwanag na mga Tanda, at gayundin kung ano ang inyong hinihingi; kung gayon, bakit kaya sila ay inyong pinatay, kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan?" 184. At kung sila ay magtakwil sa iyo (O Muhammad), ito ay katulad (din nang nangyari) sa mga Tagapagbalita na nauna sa iyo, na dumatal na may Al-Bayyinat (maliwanag na mga Tanda, katibayan, atbp.) at Kasulatan at Aklat ng kaliwanagan. 185. Ang bawat isa (o kaluluwa) ay makakalasap ng kamatayan. At sa Araw ng Muling Pagkabuhay lamang, ang inyong kinita ay babayaran nang ganap. At sinuman ang inilayo sa Apoy at tinanggap sa Paraiso, katotohanang siya ay matagumpay. Ang buhay sa mundong ito ay isa lamang pagsasaya ng kalinlangan (isang bagay na mandaraya).

186. Katiyakang kayo ay susubukan sa inyong kayamanan at mga ari-arian at sa inyong sariling (katawan), at katiyakang kayo ay makakarinig ng lubhang maraming (bagay) na magbibigay sa inyo ng pighati, mula sa kanila na nakatanggap ng Kasulatan nang una pa sa inyo (mga Hudyo at Kristiyano), at mula sa kanila na nagtataguri ng

mga katambal kay Allah, datapuwa't kung kayo ay magtiis sa pagtitiyaga, at maging Al-Muttaqun (mga matimtiman, matuwid at mabuting tao), – kung gayon, katotohanang ito ay magiging isang bagay na magbibigay pasya sa lahat ng mga pangyayari, at ito ay hango sa malalaking bagay, (na nararapat ninyong pananganan sa lahat ng inyong pagpupunyagi). 187. (At gunitain) nang si Allah ay kumuha ng isang Kasunduan mula sa kanila na binigyan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) upang gawin ito (ang balita ng pagdatal ni Propeta Muhammad at ng karunungang pangrelihiyon) na maalaman at maging maliwanag sa sangkatauhan, at ito ay huwag itago, datapuwa't itinapon nila ito sa kanilang likuran at dito ay bumili ng ilang kaaba-abang pakinabang! At katotohanang pinakamasama ang kanilang binili. 188. Huwag ninyong akalain na ang mga nagsisipagsaya sa bagay na kanilang ginawa (o binili) at naiibigan ay purihin sa anumang kanilang ginawa, - huwag ninyong akalain na sila ay makakatakas sa kaparusahan. Sa kanila ay may kasakit-sakit na kaparusahan. 189. At kay Allah ang pag-aangkin ng kapamahalaan ng kalangitan at kalupaan, at si Allah ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

190. Katotohanan! Sa pagkakalikha ng kalangitan at kalupaan, at sa pagsasalitan ng gabi at araw, katiyakang naririto ang mga Tanda sa mga tao na may pang-unawa. 191. Ang mga nag-aala-ala kay Allah (nang lagi, at sa pananalangin) nang nakatayo, nakaupo at nakahilig sa kanilang tagiliran, at nag-iisip nang mataman tungkol sa pagkakalikha ng kalangitan at kalupaan (na nagsasabi): "Aming Panginoon! Hindi Ninyo nilikha ang (lahat) ng ito

ng walang layunin, luwalhatiin Kayo! (Higit Kayong mataas sa lahat ng mga itinataguri nilang katambal sa Inyo). Inyong gawaran kami ng kaligtasan sa kaparusahan ng Apoy. 192. Aming Panginoon! Katotohanan, ang sinumang Inyong tanggapin sa Apoy, katiyakang siya ay Inyong winalan ng dangal, at kailanman ang Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, buktot, tampalasan) ay hindi makakatagpo ng anumang kawaksi. 193. Aming Panginoon! Katotohanang narinig namin ang panawagan niya (Muhammad) na nananawagan sa Pananampalataya: "Manampalataya (kayo) sa inyong Panginoon," at kami ay sumampalataya. Aming Panginoon! Patawarin Ninyo ang aming mga kasalanan at burahin ang aming kasamaan, at hayaan kami na mamatay sa kalagayan ng katuwiran na kasama ang Al-Abrar (ang mga tumatalima kay Allah at mahigpit na tumutupad sa Kanyang pag-uutos). 194. Aming Panginoon! Igawad Ninyo sa amin ang Inyong ipinangako sa pamamagitan ng Inyong mga Tagapagbalita at kami ay huwag Ninyong alisan ng dangal sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sapagkat kailanman ay hindi Kayo sumisira sa (Inyong) pangako."

195. Kaya't ang kanilang Panginoon ay tumanggap sa kanila (sa kanilang pagsusumamo at sa kanila ay tumugon), "Kailanman ay hindi Ko hahayaan na mawala ang gawa ng sinuman sa inyo, maging siya ay lalaki o babae. Kayo ay (magkakapanalig) sa bawat isa, kaya't ang mga nagsilikas at itinaboy mula sa kanilang tahanan, at nagdusa ng kapinsalaan dahilan sa Aking Kapakanan, at lumaban at napatay sa Aking Kapakanan, katotohanang Aking ipatatawad sa kanila ang kanilang masasamang gawa at sila ay (Aking) tatanggapin sa Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog

na nagsisidaloy (Paraiso); isang gantimpala mula kay Allah, at na kay Allah ang pinakamainam na mga gantimpala." 196. Huwag hayaan ang pagwawaldas (at kasaganaan) ng mga hindi sumasampalataya sa kalupaan ay makalinlang sa inyo. 197. Isang maigsing pagsasaya; hindi maglalaon, ang kanilang huling hantungan ay Impiyerno; at tunay na pagkasama-sama ng pook na ito upang tigilan. 198. Datapuwa't sa kanila na nangangamba sa Kanilang Panginoon, ay mga Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso), sila ay mananahan dito (magpakailanman), isang kasiyahan mula kay Allah; at ang na kay Allah ang pinakamainam sa Al-Abrar (ang mga masunurin kay Allah). 199. At katiyakan, na mayroon sa lipon ng Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano), ang sumasampalataya kay Allah at sa bagay na ipinahayag sa inyo, at sa bagay na ipinahayag sa kanila, na nagpapakumbaba sa kanilang sarili sa harapan ni Allah. Hindi nila ipinagbibili ang mga Talata ni Allah sa maliit na halaga; para sa kanila ay may isang gantimpala na nasa kanilang Panginoon. Katotohanang si Allah ay Maagap sa Pagsusulit. 200. O kayong nagsisisampalataya! Magsipagbata kayo at higit na magtiyaga (ng higit sa inyong kaaway), at bantayan ninyo ang inyong nasasakupan sa pamamagitan nang pagtatalaga ng pangkat na sandatahan sa mga lugar na ang kaaway ay maaaring lumusob sa inyo, at pangambahan si Allah, upang kayo ay maging matagumpay.

Ang Kababaihan

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. O sangkatauhan! Pangambahan ang inyong Panginoon na lumikha sa inyo mula sa isang tao (Adan), at mula sa kanya ay nilikha Niya ang kanyang asawa (Eba), at mula sa kanilang dalawa ay nilikha Niya ang maraming lalaki at babae; pangambahan ninyo si Allah, mula sa Kanya ay nanggaling ang inyong magkasanib (na mga karapatan), at (huwag ninyong putulin ang kaugnayan) ng mga sinapupunan (na nagluwal sa inyo, alalaong baga, ang pagkakamag-anak); sapagkat katiyakang si Allah ay Lalagi nang Ganap na Nagmamasid sa inyo. 2. At sa mga ulila, inyong ibalik ang kanilang mga ari-arian (kung sila ay sumapit na sa hustong gulang), gayundin naman ay huwag ninyong ihalili (ipalit) ang (inyong) walang halagang bagay sa (kanilang) mahalagang bagay, at huwag ninyong kamkamin ang kanilang kabuhayan (sa pagdaragdag nito) sa inyong kabuhayan. Katiyakang ito ay isang malaking kasalanan. 3. At kung kayo ay nangangamba na kayo ay hindi makakaganap na maging makatarungan sa mga (babaeng) ulila, kayo ay magsipag-asawa ng (ibang) kababaihan na inyong mapusuan, dalawa, o tatlo, o apat; datapuwa't kung kayo ay nangangamba na kayo ay hindi makakaganap na makitungo (sa kanila) ng may pantay na katarungan, kung gayon ay (mag-asawa) lamang ng isa, o kung ano ang angkin

ng inyong kanang kamay. Ito ay higit na mainam upang mapigilan kayo na makagawa ng kawalang katarungan. 4· At ibigay sa kababaihan (na inyong mapapangasawa) ang kanilang Mahr (ang katungkulang dote o handog na ibinibigay ng lalaki sa kanyang magiging asawa sa sandali ng kasal) ng may mabuting puso; datapuwa't kung sila (mga babae), sa kanilang sariling kasiyahan ay muling ibalik ang bahagi nito sa inyo, ito ay inyong kunin at masiyahan ng walang pangangamba sa anumang kasahulan (sapagkat ginawa itong legal ni Allah).

5· At sa may mahihinang pag-iisip, huwag ninyong ibigay sa kanila ang inyong ari-arian na ipinagkatiwala ni Allah upang inyong pamahalaan, datapuwa't damitan ninyo at pakainin sila, at kayo ay mangusap sa kanila ng may kabutihan at katarungan. 6· Subukan ninyo (ang katalinuhan) ng mga ulila hanggang sa sila ay sumapit na sa hustong gulang ng pag-aasawa; at kung kayo ay makakita sa kanila ng sapat na kakayahan, ibigay ninyo sa kanila ang kanilang ari-arian, datapuwa't huwag ninyong gamitin ito ng walang kapararakan at huwag ding madaliin (ang pagbibigay) kung ito ay hindi umaayon (sa gulang) ng kanilang paglaki. At kung ang tagapangalaga ay may maalwang buhay, hayaan siya na huwag tumanggap ng kabayaran, datapuwa't kung siya ay mahirap, hayaan siya na magkaroon sa kanyang sarili kung ano ang makatarungan at katamtaman. At kung inyo nang igawad sa kanila ang kanilang ari-arian, kayo ay kumuha ng mga saksi sa kanilang harapan; datapuwa't si Allah ay Ganap na Saksi sa pagsusulit. 7· At kung anuman ang naiwan ng mga magulang sa kanilang pinakamalalapit na kamag-anak ay mayroong bahagi ang kalalakihan at may bahagi

ang kababaihan, kahima't ang ari-arian ay maliit o malaki; isang nalalaang bahagi. 8. Datapuwa't kung sa panahon ng paghahati-hati ay mayroong ibang kamag-anak, o mga ulila, o mahihirap na rito ay nakatunghay, inyong hatian sila (mula sa ari-arian), at mangusap sa kanila ng salita ng kabutihan at katarungan. 9. Hayaan ang mga (namamahala ng pagbabaha-bahagi ng ari-arian) ay mayroong pagkatakot sa kanilang isipan na katulad ng kanilang mararamdaman sa kanilang sarili kung sila ay nakaiwan ng mahinang pamilya. Hayaan silang mangamba kay Allah at mangusap sa kanila ng katampatang salita. 10. Ang mga umaangkin ng mga ari-arian ng mga ulila ng walang katarungan ay kumakain ng apoy sa kanilang tiyan; hindi magtatagal, sila ay magbabata sa naglalagablab na Apoy!

11. Si Allah ay nag-uutos sa inyo tungkol (sa mamanahin) ng inyong mga anak: sa lalaki, ang kanyang bahagi ay katumbas ng sa dalawang babae; kung mga babae lamang ang anak, dalawa o higit pa, ang kanilang bahagi ay dalawang katlo (2/3) ng pamana; kung nag-iisa lamang, ang sa kanya (tanging babae) ay kalahati. Sa mga magulang, ay isang bahagi ng anim (1/6) sa bawat isa, kung ang namatay ay nakaiwan ng mga anak; at kung walang anak at ang mga magulang lamang ang (tanging) tagapagmana, ang ina ay may isang katlo (1/3); kung ang namatay ay nakaiwan ng mga kapatid na lalaki (o babae), ang ina ay may isang bahagi ng anim (1/6). (Ang pagbabaha-bahagi sa lahat ng ito) ay matapos na mabayaran ang pabuya na kanyang inihandog (sa kawanggawa) at mga pagkakautang. Hindi ninyo batid kung sino sa kanila, maging (sila man) ay inyong magulang at mga anak, ang pinakamalapit sa inyo sa kapakinabangan,

kaya't (ang natatakdaang paghahati-hati) ay ipinag-utos ni Allah. At si Allah ang Lalagi nang Ganap na Nakakaalam ng lahat, ang Tigib ng Karunungan. 12. Sa mga naiwan ng inyong kabiyak na babae, ang inyong bahagi ay kalahati kung sila ay hindi nakaiwan ng anumang anak, datapuwa't kung sila ay nakaiwan ng anak, kayo ay makakakuha ng isang kapat (1/4), matapos na mabayaran ang pabuya na inihandog (o kawanggawa) at mga pagkakautang. Sa anumang inyong naiwan; ang kanilang (kabiyak na babae) ay may bahagi ng isang kapat (1/4), kung kayo ay hindi nakaiwan ng anak; datapuwa't kung kayo ay nakaiwan ng anak, sila ay makakakuha ng isang walo (1/8) matapos na mabayaran ang pabuya na inihandog (o kawanggawa) at lahat ng mga pagkakautang. Kung ang babae o lalaki na ang pamana ay pinagtatalunan (o pinag-uusapan) pa, ay hindi nakaiwan ng kamag-anak paitaas man at paibaba (ascendants and descendants), datapuwa't nakaiwan ng isang kapatid na lalaki o babae, ang bawat isa sa dalawa ay makakakuha ng isang anim (1/6); datapuwa't kung mahigit sa dalawa, sila ay maghahati sa isang katlo (1/3), matapos na mabayaran ang pabuya na inihandog (o kawanggawa) at lahat ng mga pagkakautang; upang walang anumang pagkalugi (pagkaagrabiyado) ang mangyari (sa sinuman). Ito ay isang pag-uutos mula kay Allah at si Allah ang Ganap na Nakakabatid, ang Mapagpaumanhin. 13. Ito ang mga pag-uutos na itinakda ni Allah (tungkol sa mga pamana), at sinumang sumunod kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita (Muhammad) ay tatanggapin sa Hardin na sa ibaba nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso) upang manahan dito (magpakailanman), at ito ang pinakasukdol na tagumpay.

14. Datapuwa't ang sumusuway kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita (Muhammad) at nagmamalabis sa itinakda, siya ay Kanyang ihahagis sa Apoy upang manahan dito at sasakanya ang kaaba-abang kaparusahan.

15. At kung sinuman sa inyong kababaihan ang magkasala ng kahalayan (bawal na pakikipagtalik), inyong kunin ang patibay (na mapapanaligan) ng apat na saksi mula sa inyong lipon laban sa kanila; at kung sila ay magbigay saksi, panatilihin sila (ang mga babae) sa bahay hanggang ang kamatayan ay sumapit sa kanila o hanggang si Allah ay magtakda sa kanila ng (ibang) paraan. 16. At kung ang dalawang tao (lalaki at babae) sa lipon ninyo ay makagawa ng kahalayan (bawal na pakikipagtalik), sila ay kapwa parusahan. At kung sila ay magtika at magbago (alalaong baga, nangako kay Allah na hindi na nila kailanman uulitin ang gayong gawa at iba pang katulad na kasalanan) at gumawa ng mga kabutihan, inyong hayaan silang mapag-isa. Katotohanang si Allah ang Tanging Isa na tumatanggap ng pagsisisi, ang Pinakamaawain. 17. Si Allah ay tumatanggap ng pagsisisi ng mga nakagawa ng kasamaan sa kawalan ng muwang (pagiging inosente) at karaka-raka'y nagsisisi matapos ito; sa kanila ay ibabaling ni Allah ang Kanyang habag; sapagkat si Allah ay Tigib ng Kaalaman at Karunungan. 18. Walang katuturan ang pagtitika ng mga nagpapatuloy pa rin sa paggawa ng kasamaan, hanggang ang kamatayan ay dumatal sa isa sa kanila, at siya ay magsabi, "Ngayon, ako ay tunay na nagsisisi", gayundin naman ang mga dinatnan ng kamatayan habang sila ay nagtatakwil sa Pananampalataya; sa kanila ay Aming inihanda ang kasakit-sakit na kaparusahan.

19. O kayong nagsisisampalataya! Kayo ay pinagbawalan na inyong manahin (ariin) ang mga babae na laban sa kanilang kagustuhan at sila ay huwag ninyong pakitunguhan ng may kagaspangan, upang inyong mabawi ang bahagi ng Mahr (dote o handog) na inyong ipinagkaloob sa kanila, maliban na lamang kung sila ay nagkasala ng lantad na kahalayan (bawal na pakikipagtalik). (Sa isang banda), kayo ay mamuhay sa kanilang piling ng may dangal. At kung sila ay inyong kasuyaan, marahil ay nasusuya kayo sa isang bagay, at si Allah ay maghahatid sa inyo sa pamamagitan nito ng maraming kabutihan. 20. Datapuwa't kung inyong ninanais na palitan ng iba ang inyong kabiyak na babae at kayo ay nagbigay (noon) sa isa sa kanila ng malaking yaman bilang Mahr (dote o handog), huwag ninyong bawiin kahit na ang pinakamaliit nito. Inyo baga itong babawiin ng may kamalian at walang karapatan, at (kayo) ay gagawa ng lantad na kasalanan? 21. At paano ninyo ito babawiin kung kayong dalawa ay nagsiping na sa isa't isa, at sila ay kumuha sa inyo nang matatag at taimtim na kasunduan? 22. At huwag ninyong pangasawahin ang mga babae na napangasawa (noon) ng inyong ama, maliban na lamang sa mga nangyari noong una. Katotohanang ito ay kahiya-hiya at kasuklam-suklam at isang masamang gawi (o kinagisnan).

23. Ipinagbabawal sa inyo (O kalalakihan, na mapangasawa) ang (mga sumusunod): ang inyong ina, anak na babae, kapatid na babae, kapatid na babae ng inyong ama, kapatid na babae ng inyong ina, anak na babae ng inyong kapatid na lalaki, anak na babae ng inyong kapatid na babae, ang babae na umampon sa inyo na nagpasuso sa inyo, ang inyong kinakapatid na babae (kapatid sa ina), ang ina ng inyong

kabiyak, ang inyong anak-anakang babae na nasa ilalim ng inyong pangangalaga, na naging anak (sa una o ibang asawa) ng inyong kabiyak na inyong sinipingan, - datapuwa't ito ay hindi kasalanan sa inyo kung kayo ay hindi sumiping sa kanya (sa inyong kabiyak na siyang ina ng inyong anak-anakang babae), ang naging asawa ng inyong anak na lalaki na nanggaling sa himaymay ng inyong laman, at dalawang magkapatid na babae na inyong pinangasawa nang sabay, maliban na lamang sa nangyari noong una; sapagkat si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.
24. Gayundin (ay ipinagbabawal) ang mga babaeng may asawa na, maliban sa angkin ng inyong kanang kamay (bilang bihag). Sa ganito ipinag-utos ni Allah (ang bawal) sa inyo. Ang lahat ng iba pa ay pinapayagan sa inyo, ngunit marapat na hinanap ninyo (bilang asawa na pakakasalan) na may kaloob na Mahr (dote o handog na ibinibigay ng lalaki sa kanyang mapapangasawa sa panahon ng kasal) mula sa inyong ari-arian, na naghahangad ng kalinisan at hindi kahalayan (bawal na pakikipagtalik). Kaya't sila na inyong nakapiling sa pagtatamasa ng kaligayahan sa pakikipagtalik, sila ay inyong gawaran ng takdang Mahr (dote o handog), datapuwa't kung ang Mahr (dote o handog) ay naitalaga na at inyong napagkasunduan (na magbigay pa ng higit), ito ay hindi kasalanan sa inyo. Katotohanang si Allah ay Lalagi nang Ganap na Nakakaalam, ang Tigib ng Karunungan.
25. At kung sinuman sa inyo ang walang kakayahan upang magpakasal sa isang malaya at sumasampalatayang babae, maaari silang magpakasal sa mga babae na angkin ng kanilang kanang kamay (bilang bihag mula sa Jihad [maka-Diyos na pakikidigma]); at si Allah ay may ganap na

kaalaman tungkol sa inyong pananampalataya. Kayo ay isa mula sa iba; pakasalan sila sa pahintulot ng nangangalaga sa kanila at ibigay sa kanila ang kanilang Mahr (dote o handog) ng ayon sa kung ano ang katampatan; sila ay marapat na malinis at hindi mahalay (at hindi gumagawa ng bawal na pakikipagtalik) kung sila ay pinakasalan na. Kung sila ay magkasala ng kahalayan (bawal na pakikipagtalik), ang kanilang kaparusahan ay kalahati ng (kaparusahan) ng isang malayang babae (hindi alipin). Ito ay para sa kanya mula sa lipon ninyo na nangangamba sa kasalanan; datapuwa't ito ay higit na mainam sa inyo kung kayo ay magtimpi, sapagkat si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

26. Ninanais lamang ni Allah na maging maliwanag sa inyo (kung ano ang pinahihintulutan at kung ano ang hindi pinahihintulutan) at upang maipakita sa inyo ang mga paraan ng mga nangauna sa inyo at tanggapin ang inyong pagsisisi, at si Allah ang Ganap na Nakakaalam, ang Puspos ng Kaalaman. 27. Ninanais ni Allah na tanggapin ang inyong pagsisisi, datapuwa't ang mga sumusunod sa kanilang mga pagnanasa ay naghahangad sa inyo (na mga sumasampalataya) na kayo ay lubhang malihis nang malayo sa tamang landas. 28. Ninanais ni Allah na mapagaan (ang dalahin) para sa inyo; sapagkat ang tao ay nilikha na mahina (hindi makapagtimpi na huwag sumiping sa babae).

29. O kayong sumasampalataya! Huwag ninyong lamunin ang inyong ari-arian sa inyong sarili ng walang kapararakan, datapuwa't hayaang magkaroon ng pakikipagkalakalan sa lipon ninyo na kapwa ninyo pinahihintulutan, at huwag ninyong patayin at wasakin ang inyong sarili (o huwag magpatayan sa isa't isa), katotohanang si Allah sa inyo ay

Pinakamaawain! 30. At kung sinuman ang gumawa nito sa pagmamalabis at kawalang katarungan, siya ay Aming ihahagis sa Apoy, at ito ay magaan lamang kay Allah. 31. At kung inyong iiwasan ang mga karumal-dumal na kasalanan na sa inyo ay ipinagbabawal, ipatatawad Namin sa inyo ang (iba ninyong maliliit) na kasalanan at kayo ay tatanggapin sa Tarangkahan ng malaking karangalan. 32. At huwag ninyong pag-imbutan ang mga bagay na ipinagkaloob ni Allah sa mga iba na higit sa inyo. Sa mga lalaki ay mayroong gantimpala sa anumang kanilang kinita, (gayundin naman) sa mga babae ay mayroong gantimpala sa anumang kanilang kinita, datapuwa't kayo ay humingi kay Allah ng Kanyang Biyaya. Katotohanang si Allah ay may Ganap na Kaalaman sa lahat ng bagay. 33. At sa (kapakinabangan) ng lahat, Kami ay nagtakda ng mga tagapagmana (ng ari-arian) na naiwan ng mga magulang at kamag-anak. At gayundin sa kanila na nasa kandili ng inyong kanang kamay, igawad sa kanila ang katampatang bahagi (o parte), sapagkat katotohanang si Allah ang saksi sa lahat ng bagay.

34. Ang kalalakihan ang tagapangalaga at tagapanustos ng kababaihan, sapagkat ginawa ni Allah na ang isa sa kanila ay manaig (sa lakas) kaysa sa iba, at sapagkat sila ay gumugugol (upang sila ay tustusan) mula sa kanilang kakayahan. Samakatuwid, ang matutuwid na kababaihan ay matimtiman sa pagsunod (kay Allah at sa kanilang asawa), at nangangalaga sa panahong wala ang (kanilang asawa) sa bagay na ipinag-utos ni Allah na dapat nilang bantayan (alalaong baga, ang kalinisan ng kanilang pagkababae, ang ari-arian ng kanilang asawa, atbp.). At sa kababaihan na sa kanilang sarili ay namamasdan ninyo ang kanilang

masamang gawa, (sa una) sila ay pangaralan, (pangalawa) huwag sumiping sa kanila, (at panghuli) saktan sila (ng kanti lamang, kung ito ay makakatulong), datapuwa't kung sila ay magbalik loob sa pagsunod, sila ay huwag ninyong hanapan (ng pagkayamot). Katotohanang si Allah ay Lalagi nang Pinakamataas, ang Pinakadakila. 35. At kung kayo ay nangangamba na may pagkakahidwa sa pagitan nilang (mag-asawa), kayo ay magtalaga ng (dalawang) tagapamagitan; isa mula sa pamilya (ng lalaki) at ang isa ay mula sa pamilya (ng babae); kung ninanais nila na ituwid ang mga bagay-bagay (o pangyayari), si Allah ang magbibigay kaganapan ng kanilang pakikipagkasundo; sapagkat si Allah ang may ganap na kaalaman at nakakatalos ng lahat ng bagay.

36. Paglingkuran ninyo si Allah at huwag kayong magtambal ng anuman sa pagsamba sa Kanya, at magsigawa kayo ng kabutihan sa mga magulang, mga kamag-anak, mga ulila, sa mahirap na humihingi, sa kapitbahay na malapit sa pagkakamag-anak, sa kapitbahay na hindi malapit sa inyo, ang mga kasamahan na malapit sa inyo, ang mga napapaligaw (na inyong nakadaop) at sa mga angkin ng inyong kanang kamay. Katotohanang si Allah ay hindi nagmamahal sa mga mayayabang at hambog; 37. Sila na mga kuripot at nag-uudyok din sa iba na maging kuripot, at nagtatago ng mga biyaya na sa kanila ay ipinagkaloob ni Allah, at Aming inihanda sa mga walang pananampalataya ang kaaba-abang kaparusahan. 38. At (gayundin) ang mga gumugugol ng kanilang kayamanan upang mamalas lamang ng mga tao at hindi sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw (sila ang mga kaibigan ni Satanas), at sinumang pumili kay Satanas bilang kapalagayan; kung gayon, (pagmasdan) kung gaano

siya kakila-kilabot na kasama! 39. At ano ba ang mawawala (o kasahulan) sa kanila kung sila ay manampalataya kay Allah at sa Huling Araw, at sila ay gumugol mula sa kayamanan na ipinagkaloob sa kanila ni Allah? At si Allah ay Lalagi nang Ganap na Nakakaalam sa kanila. 40. Katotohanang si Allah ay hindi kailanman nawalan ng katarungan kahit na katiting lamang; kung anumang mabuti (ang nagawa), ito ay Kanyang pinag-iibayo ng dalawang ulit, at Siya ay nagkakaloob ng malaking gantimpala.

41. Paano kaya (kung gayon), kung Kami ay magpadala mula sa bawat pamayanan (bansa) ng isang saksi at ikaw (O Muhammad) ay ipadala Namin bilang isang saksi laban sa mga taong ito! 42. Sa Araw na yaon, ang mga nagtakwil ng pananampalataya at hindi sumunod sa Tagapagbalita (Muhammad) ay maghahangad na ang kalupaan ay tumabon sa kanila, datapuwa't sila ay hindi makakapaglihim ng kahit na isang katibayan (katunayan) kay Allah! 43. O kayong nagsisisimpalataya! Huwag kayong magsipag-alay ng panalangin kung kayo ay nasa kalagayan ng pagkalango, hanggang sa inyong maunawaan (ang kahulugan) ng inyong sinasabi, gayundin kung kayo ay nasa kalagayan ng "Janaba" (kalagayan ng kawalang kalinisan kung nakipagtalik at hindi pa nakakapaligo), maliban na lamang kung kayo ay naglalakbay sa mahabang lansangan (at doon ay walang tubig, o naparaan lamang sa moske o bahay dalanginan), hanggang sa makapaghugas kayo ng inyong buong katawan. Kung kayo ay may sakit o naglalakbay, o katatapos lamang ninyo na dumumi (o umihi), o kayo ay nagkaroon ng pakikipagtalik at kayo ay hindi nakatagpo ng tubig, kung gayon, kayo ay humanap ng malinis na lupa at inyong

haplusin (sa pamamagitan) nito ang inyong mukha at mga kamay (Tayammum). Katotohanang si Allah ang pumapalis ng kasalanan, ang Lagi nang Nagpapatawad.

44. Hindi ba ninyo napagmamalas sila na pinagkalooban ng bahagi ng aklat (ang mga Hudyo), na bumibili ng maling landas at naghahangad na kayo ay mapaligaw sa tamang landas. 45. Si Allah ay may ganap na kaalaman sa inyong mga kaaway, at si Allah ay sapat na bilang "Wali" (Tagapangalaga), at si Allah ay sapat na bilang Kawaksi. 46. At sa lipon ng mga Hudyo ay mayroong ilan na nagbibigay ng maling kahulugan sa mga salita (laban) sa tunay (nitong) kahulugan at nagsasabi: "Aming naririnig ang iyong salita (O Muhammad) at kami ay sumusuway," at "Nakikinig at hinayaan ka (namin, O Muhammad) na walang mapakinggan." At "Ra'ina" (ang kahulugan nito sa Arabik ay "Maging maingat, [kayo] ay makinig sa amin" at kami ay nakikinig sa inyo at sa Hebreo, ito ay nangangahulugan na "isang insulto"), sa gagad ng kanilang dila at panunuya sa Pananampalataya (Islam). At kung kanila lamang sinabi: "Kami ay nakakarinig at sumusunod," at "Hayaang kami ay makaunawa," ito ay higit (sana) na naging mabuti sa kanila at higit na katampatan, datapuwa't si Allah ay sumumpa sa kanila dahilan sa kanilang kawalan ng pananampalataya at ilan lamang sa kanila ang sumasampalataya.

47. O kayo na mga pinagkalooban ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano)! Magsisampalataya kayo sa Aming ipinahayag (kay Muhammad) na nagpapatotoo (kung ano na noon) ang nasa sa inyo, bago Namin burahin (palisin) ang mga mukha (sa pamamagitan ng pagbibigay hubog dito na tulad ng batok na walang ilong, bibig, mata, atbp.)

at ilagay sa likuran, o ang isumpa sila kung paano Namin isinumpa ang mga lumalabag sa (araw) ng Sabado, sapagkat ang pasya ni Allah ay dapat na ipatupad. 48. Katotohanang si Allah ay hindi nagpapatawad na ang mga iba ay itambal pa sa Kanya sa pagsamba, datapuwa't Siya ay nagpapatawad (ng lahat) maliban (lamang sa una) sa sinumang Kanyang maibigan, at sinumang magtindig ng katambal sa pagsamba kay Allah, katotohanang siya ay gumawa ng kahambal-hambal na kasalanan. 49. Hindi ba ninyo napagmamasdan ang mga nag-aangkin ng kabanalan para sa kanilang sarili. Hindi, datapuwa't si Allah ang nagpapabanal sa sinumang Kanyang mapusuan at sila ay hindi pakikitungahan ng kawalang katarungan kahit na katumbas lang ng isang Fatila (isang hibla ng kaliskis ng buto ng palmera [datiles]). 50. Pagmasdan, kung paano sila kumakatha ng kasinungalingan laban kay Allah, at sapat na ito bilang isang lantad na kasalanan.

51. Hindi ba ninyo napagmamalas ang mga nabigyan ng Kasulatan? Sila ay nananampalataya sa Jibt at Taghut (anumang sinasamba maliban sa Tunay at Nag-iisang Diyos [Allah], huwad na mga diyus-diyosan, atbp.), at nagsasabi sa mga hindi sumasampalataya na sila ay higit at mainam na napapatnubayan (sa tamang landas) kung ihahambing sa mga sumasampalataya. 52. Sila ang mga isinumpa ni Allah, at sa sinuman na isinusumpa ni Allah, kayo ay hindi makakatagpo para sa kanila ng (anumang) kawaksi. 53. O mayroon ba silang kahati sa kapamahalaan o kapangyarihan? Pagmasdan, sila ay hindi nagbibigay kahit na sungot (ng palmera) sa kanilang kapwa tao. 54. O sila ba ay nananaghili sa mga tao (kay Muhammad at sa

kanyang tagasunod) sa anumang Biyaya na ipinagkaloob sa kanila ni Allah? Datapuwa't Amin nang pinagkalooban ang pamayanan ni Abraham ng Aklat at Karunungan (maka-Diyos na kapahayagan) at nagbigay sa kanila ng isang dakilang kaharian. 55· At sa kanilang lipon, (ang ilan) ay nanampalataya sa kanya (Muhammad), at sa kanila (ang ilan) ay nag-iwas ng kanilang mukha sa kanya (Muhammad), at sapat na ang Impiyerno upang (sila) ay sunugin. 56· Katotohanan! Ang mga hindi sumampalataya sa Aming Ayat (mga kapahayagan, katibayan, aral, tanda, atbp.), sila ay Aming susunugin sa Apoy; hanggang ang kanilang balat ay malimit (o paulit-ulit) na nalilitson nang ganap, (at) ito ay Aming papalitan ng bago at sariwang balat upang kanilang matikman ang kaparusahan. Katotohanang si Allah ay Lalagi nang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakamaalam. 57· Datapuwa't ang mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at gumagawa ng kabutihan, sila ay Aming tatanggapin sa Hardin na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso), mananahan sila rito magpakailanman. Sila ay magkakaroon dito ng dalisay na mga asawa (wala ng regla, dumi, ihi, atbp.), at sila ay Aming tatanggapin sa maluwang, malamig at makapal na lilim (Paraiso).

58· Katotohanan! Si Allah ay nag-uutos na muli ninyong ibalik ang ipinagbilin (ipinagkatiwala) ng iba na sa kanila ay nararapat; at kung kayo ay humatol sa pagitan ng mga tao, kayo ay humatol ng may katarungan. Katotohanan, tunay namang napakainam ng aral na ibinigay Niya (Allah) sa inyo! Katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagmamasid, ang Ganap na Nakakarinig. 59· O kayong nagsisisampalataya! Sundin ninyo si Allah at sundin ang Tagapagbalita (Muhammad), at

sila (na mga Muslim) sa inyong lipon na may kapamahalaan. (At) kung kayo ay may pagkakahidwa-hidwa sa anumang bagay sa pagitan ninyo, isangguni ninyo ito kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita kung kayo ay nananampalataya kay Allah at sa Huling Araw. Ito ay higit na mainam at angkop tungo sa panghuling pagpapasya. 60. Napagmamalas ba ninyo sila (ang mga mapagkunwari), na nag-aangkin na sila ay sumasampalataya sa mga ipinanaog (na kapahayagan) sa iyo, at sa mga ipinanaog (na kapahayagan) nang una pa sa iyo, at sila ay nagnanais na tumungo (sumangguni) para sa kahatulan (ng kanilang mga pagkakahidwa) sa Taghut (mga huwad na hukom, diyus-diyosan, atbp.) samantalang sila ay pinag-utusan na ito ay talikdan. Datapuwa't si Satanas ay naghahangad na sila ay mapaligaw nang malayo. 61. At nang ito ay ipagtagubilin sa kanila: "Halina kayo (at sumangguni) sa mga ipinanaog (na kapahayagan) ni Allah (at sumangguni) sa Tagapagbalita (Muhammad), ikaw (O Muhammad) ay nakakamalas sa mga mapagkunwari na tumatalikod sa iyo ng may pag-iwas. 62. Paanong (nangyari), nang ang malaking kapinsalaan ay dumatal sa kanila dahilan sa (mga gawa) na inihantong ng kanilang mga kamay, sila ay pumaparoon sa iyo na sumusumpa (sa Ngalan) ni Allah, "Wala kaming hinahangad maliban sa magandang pagtitinginan at pakikipagkasundo!" 63. Sila (ang mga mapagkunwari) ay nababatid ni Allah kung ano ang nasa kanilang puso; kaya't lumayo kayo sa kanila (huwag ninyo silang parusahan) ngunit sila ay inyong pangaralan at mangusap sa kanila ng mabisang (madamdaming) salita (alalaong baga, upang manampalataya kay Allah, sumamba sa Kanya, tumalima sa

Kanya at mangamba sa Kanya) upang maantig ang kanilang kalooban.

64. Hindi Kami nagsugo ng isang Tagapagbalita maliban na (siya) ay sundin sa kapahintulutan ni Allah. At sila (ang mapagkunwari), nang sila ay hindi naging makatarungan sa kanilang sarili, ay pumaroon sa iyo (Muhammad) at nanikluhod sa kapatawaran ni Allah, at ang Tagapagbalita ay nagsumamo ng Kapatawaran para sa kanila, tunay na kanilang matatagpuan na si Allah ay Ganap na Nagpapatawad (Tanging Siya ang tumatanggap ng pagsisisi), ang Pinakamaawain. 65. Hindi, subalit sa pamamagitan ng iyong Panginoon, sila ay hindi magkakaroon ng Pananalig hangga't ikaw (O Muhammad) ay hindi nila ginagawang tagahatol (hukom) sa lahat ng mga pagkakahidwa-hidwa sa kanilang pagitan, at huwag nilang salansangin ang iyong pagpapasya at maluwag nilang tanggapin ang mga ito nang ganap. 66. At kung sila ay pag-utusan Namin (na nagsasabi), "Patayin ninyo ang inyong sarili (alalaong baga, ang mga walang kasalanan ay pumatay sa mga makasalanan) o iwan ninyo ang inyong mga tahanan", lubhang iilan sa kanila ang gagawa nito; datapuwa't kung kanilang isinagawa ang sa kanila ay ipinag-utos, ito ay higit na mainam sa kanila, at (ito) ay magpapatatag sa kanilang (pananalig); 67. At katiyakan, Aming ipagkakaloob sa kanila mula sa Amin ang malaking pabuya; 68. At katiyakan, Aming papatnubayan sila sa Matuwid na Landas. 69. At sinumang sumunod kay Allah at sa Tagapagbalita (Muhammad), kung gayon, sila ay mapapabilang sa lipon ng mga pagkakalooban ni Allah ng Kanyang Biyaya, ng mga Propeta, ng Siddiqun (ang mga tagasunod ng mga Propeta na nangunguna sa paniniwala

sa kanila), ng mga Martir, at ng mga Matutuwid. At gaano kainam na mga kasama sila! 70. Ito ang Kasaganaan mula kay Allah, at si Allah ay sapat na bilang may Ganap na Kaalaman.

71. O kayong nagsisisampalataya! Magsipag-ingat kayo, at kayo ay magsitungo nang pangkat-pangkat (sa makabuluhang paglalakbay), o magsitungo nang sama-sama. 72. Katiyakang mayroon sa inyo ang magpapaiwan sa likuran (upang [makaiwas] na makipaglaban sa Kapakanan ni Allah). At kung ang kasawian ay dumatal sa inyo, siya ay magsasabi, "Katotohanang si Allah ay nagmalasakit sa akin sapagkat ako ay hindi nila nakasama". 73. Datapuwa't kung ang kasaganaan (tagumpay at mga labing yaman ng labanan) ay dumatal sa inyo mula kay Allah, katiyakang kanyang sasabihin, na wari bang hindi kailanman nagkaroon ng bigkis ng pagmamalasakit sa pagitan niya at ninyo,- "Oh! Ako sana ay napabilang sa kanila; nang sa gayon, ako (sana) ay nakapagtamo ng malaking tagumpay (mainam na bahagi ng labing yaman ng labanan)". 74. Hayaan ang (mga sumasampalataya) na nagbibili ng buhay sa mundong ito (alalaong baga, iniiwasan ang pagiging makamundo) bilang kapalit ng Kabilang Buhay ay lumaban para sa Kapakanan ni Allah, at sinuman ang makipaglaban sa Kapakanan ni Allah at nasawi o nagkamit ng tagumpay, Aming ipagkakaloob sa kanya ang malaking biyaya. 75. At ano ba ang mali sa inyo, na kayo ay hindi nakikipaglaban para sa Kapakanan ni Allah, at sila na mahihina, ang mga pinakikitunguhan ng masama at inaalipusta sa lipon ng kalalakihan, kababaihan, at mga bata, na ang panambitan ay: "Aming Panginoon! Kami ay iligtas Ninyo sa bayang

ito na ang mga tao ay mapang-api; at Inyong ipagkaloob sa amin mula sa Inyo ang isang makakapangalaga, at Inyong ipagkaloob sa amin mula sa Inyo ang isang makakatulong."
76. Ang mga sumasampalataya ay nakikipaglaban tungo sa Kapakanan ni Allah, at sila na mga hindi sumasampalataya ay nakikipaglaban tungo sa kapakanan ng Taghut (Satanas, diyus-diyosan, atbp.). Kaya't makipagtunggali kayo laban sa mga kapanalig ni Satanas. Tunay na laging mahina ang mga pakana ni Satanas.
77. Hindi baga ninyo napagmamalas sila na pinagsabihan na pigilan nila ang kanilang mga kamay (sa pakikipagtunggali at sila ay mag-alay ng lubos na panalangin), at magkaloob ng Zakah (katungkulang kawanggawa). Datapuwa't kung ang pakikipaglaban ay ipinag-utos na sa kanila, inyong pagmasdan! Ang isang bahagi nila ay nangangamba sa mga tao na katulad ng pangangamba nila kay Allah, at kung minsan ay higit pa. Sila ay nagsasabi: "Aming Panginoon! Bakit Ninyo ipinag-utos sa amin ang pakikipaglaban? Kami baga ay hindi Ninyo bibigyan ng palugit kahit na sa maikling panahon? Ipagbadya: "Tunay na maikli ang paglilibang sa mundong ito. Ang Kabilang Buhay ay higit na mainam sa kanya na may pangangamba kay Allah, at kayo ay hindi pakikitunguhan ng kawalang katarungan kahit na katumbas ng Fatila (isang hibla ng balat ng buto ng palmera [datiles]). 78. "Kahit nasaan pa man kayo, ang kamatayan ay mananaig sa inyo kahima't kayo ay nasa kanlungan na matatag at mataas!" At kung ang ilang kabutihan ay dumatal sa kanila, sila ay nagsasabi, "Ito ay mula kay Allah," datapuwa't kung ang ilang kasamaan ay sumapit sa kanila, sila ay nagsasabi, "Ito ay mula sa iyo (O

Muhammad),” kaya’t ano ba ang mali sa ganitong mga tao na hindi nakakaunawa ng anumang salita? 79. Ang anumang mabuti na dumatal sa inyo ay mula kay Allah, datapuwa’t kung anumang masama ang sumapit sa inyo, ito ay mula sa inyong sarili. At ikaw (O Muhammad) ay isinugo Namin bilang isang Tagapagbalita sa sangkatauhan, at si Allah ay sapat na bilang isang Saksi.

80. Siya na tumatalima sa Tagapagbalita (Muhammad), ay katotohanang tumatalima kay Allah, datapuwa’t siya na tumatalikdan, kung gayon, ikaw (O Muhammad) ay hindi Namin isinugo upang maging tagapagbantay nila. 81. Sila ay nagsasabi: “Kami ay tumatalima,” subalit kung ikaw (O Muhammad) ay kanila nang iwan, may isang pangkat sa kanila na ginugugol ang gabi sa pagbabalak ng iba sa iyong sinasabi. Datapuwa’t si Allah ay nagtatala ng kanilang gabi-gabing (pagbabalak). Kaya’t talikdan mo sila (huwag mo silang parusahan), at ilagay mo ang iyong pagtitiwala kay Allah. At si Allah ay Lalagi nang may Kasapatan bilang Tagapamahala ng mga pangyayari. 82. Hindi baga nila isinasaalang-alang ng may pag-iingat ang Qur’an? Kung ito ay nagmula (sa iba) maliban pa kay Allah, katotohanang sila ay makakatagpo rito ng maraming pagkakasalungatan. 83. At kung may dumatal sa kanila na ilang pangyayari na may kinalaman sa (pangkalahatang) kaligtasan o pangamba, ito ay ginagawa nila na maalaman (ng mga tao), kung kanila lamang isinangguni ito sa Tagapagbalita o sa mga tao na ginawaran sa lipon nila ng kapamahalaan, ang angkop na mga tagasuri (tagapagsiyasat) ay makakaunawa nito mula sa kanila (nang tuwiran). At kung hindi lamang sa biyaya

at habag ni Allah sa inyo, kayo ay tatalima kay Satanas, maliban lamang sa ilan sa inyo.

84. At makipagtunggali ka (O Muhammad) tungo sa Kapakanan ni Allah, ikaw ay hindi ginawaran ng katungkulan (o pananagutan) maliban lamang sa iyong sarili, at iyong hikayatin ang mga sumasampalataya (na samahan ka na makipagtunggali), maaaring si Allah ang pipigil sa masidhing kasamaan ng mga hindi sumasampalataya. At si Allah ay Malakas sa Kapangyarihan at Matatag sa pagpaparusa. 85. Ang sinumang mamagitan tungo sa mabuting hangarin ay magkakamit ng gantimpala nito, at sinumang mamagitan tungo sa masamang hangarin ay magtatamasa ng bahagi ng dalahin (pananagutan) nito. At si Allah ay Lalagi nang Ganap na Makakagawa ng lahat ng bagay. 86. At kung kayo ay batiin ng pagbati, sila ay inyong suklian ng pagbati na higit na mainam (kaysa) rito, o di kaya'y suklian ito ng katumbas na pagbati. Katiyakang si Allah ay Lalagi nang Maingat na Tagapagsulit ng lahat ng bagay. 87. Allah! La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya). Katiyakang kayo ay Kanyang titipunin nang sama-sama sa Araw ng Muling Pagkabuhay at ito ay walang alinlangan. At sino pa kaya ang higit na makatotohanan sa pangungusap maliban kay Allah?

88. At ano ang nangyayari sa inyo na kayo ay nahahati sa dalawang pangkat (kung) tungkol sa mga mapagkunwari? Si Allah ay nagtapon sa kanilang muli (sa kawalan ng pananalig) dahilan sa kanilang pinagsumikapan (kinita). Nais ba ninyong patnubayan siya na ninais ni Allah na mapaligaw? At siya na ninais ni Allah na mapaligaw, kayo ay

hindi kailanman makakatagpo para sa kanya ng anumang paraan (patnubay). 89. Sila ay nagnanais na inyong itakwil ang Pananampalataya, na katulad din nang kanilang naging pagtatakwil (sa Pananampalataya), upang sa gayon kayo ay maging magkapantay (sa isa't isa). Kaya't huwag ninyong kunin na Auliya (mga tagapagtanggol, kaibigan, kasama) ang mula sa kanila, hanggang sa sila ay magsilikas tungo sa Kapakanan ni Allah (sa pamamagitan ni Muhammad). Datapuwa't kung sila ay tumalikod (sa Islam, at maging mapaghimagsik), sila ay inyong sakmalin at patayin kahit saan man ninyo sila matagpuan, at huwag kayong kumuha ng Auliya (mga tagapagtanggol, kaibigan, kasama) gayundin ng kawaksi mula sa kanila, 90. Maliban sa kanila na umaanib sa pangkat na sa pagitan ninyo at nila ay mayroong isang kasunduan (ng kapayapaan), o sila na lumalapit sa inyo na may dibdib (damdamin) na nagpipigil sa pakikipaglaban sa inyo gayundin sa pakikipaglaban sa kanilang sariling pamayanan. Kung ninais lamang ni Allah, katotohanang sila ay Kanyang mabibigyan ng kapangyarihan ng higit sa inyo at sa gayon sila (sana'y) nakipaglaban sa inyo. Kaya't kung sila ay lumayo sa inyo at sila ay hindi nakipaglaban, at (sa halip) ay naghandog sa inyo (ng katiyakan) ng kapayapaan, kung gayon si Allah ay hindi nagbukas ng daan para sa inyo (upang makidigma) laban sa kanila. 91. Inyong matatagpuan ang mga iba na nagnanais na magkaroon ng kapanatagan at kaligtasan mula sa inyo at ng kapanatagan at kaligtasan mula sa kanilang pamayanan. Sa bawat sandali na sila ay ibinabalik sa pagkatukso, sila ay nararahuyo rito. At kung sila ay hindi lalayo sa inyo, o sila ay hindi nag-alok sa inyo ng kapayapaan at hindi nagpigil sa kanilang mga

kamay, sila ay inyong sakmalin at patayin kahit saan man ninyo matagpuan sila. Sa kanilang kalalagayan, Aming pinagkalooban kayo ng maliwanag na katwiran laban sa kanila.

92. Hindi isang katampatan para sa isang sumasampalataya na pumatay sa isang sumasampalataya maliban na lamang sa (o kung) pagkakamali (na hindi sinasadya), ang sinumang pumatay sa isang sumasampalataya nang hindi sinasadya, (rito ay ipinag-uutos) na siya ay marapat na magpalaya ng isang nananampalatayang alipin at isang Diya (kabayaran o tubos sa dugo) na nararapat ibigay sa kamag-anakan ng namatay, maliban na lamang kung ito ay kanilang ipaubaya (ipatawad). Kung ang namatay ay kabilang sa mga tao na kumakalaban sa inyo at siya ay isang nananampalataya; ang pagpapalaya sa isang nananampalatayang alipin (ay itinatalaga, at hindi ang pagbabayad ng Diya), at kung siya ay nabibilang sa mga tao na mayroon kayong kasunduan ng pagkakampihan at pagkamatapat (sa isa't isa), ang Diya (kabayaran o tubos sa dugo) ay marapat na ibayad sa kanyang kamag-anakan at ang isang nananampalatayang alipin ay marapat na palayain. At kung sinuman ang walang kakayahan (na matupad ang parusa sa pagpapalaya ng isang alipin), siya ay nararapat na mag-ayuno ng dalawang magkasunod na buwan upang kayo ay makahanap ng pagsisisi kay Allah. At si Allah ay Ganap na Nakakaalam, ang Lubos na Maalam. 93. At sinuman ang pumatay nang sadya sa isang nananampalataya, ang kanyang kabayaran ay Impiyerno, upang manahan dito, ang Poot at Sumpa ni Allah ay nasa kanya at ang malaking kaparusahan ay inihanda para sa kanya.

94. O kayong nagsisisampalataya! Kung kayo ay pumalaot (upang makipaglaban) sa Kapakanan ni Allah, inyong tuklasin (ang katotohanan), at huwag ninyong sabihin sa sinuman na bumati sa inyo (sa pamamagitan ng pagyakap sa Islam): "Ikaw ay hindi isang nananampalataya", na naghahangad sa napapalis na mga paninda ng makamundong buhay. Mayroong higit na kapakinabangan at labing yaman ng digmaan ang na kay Allah. Kahit na (kung ano man siya ngayon), kayo ay katulad (rin niya) sa inyong mga sarili noon, hanggang sa igawad ni Allah ang Kanyang paglingap (alalaong baga, kayo ay Kanyang pinatnubayan sa Islam), kaya't maging maingat sa pagkakaroon ng kinikilingan. Si Allah ay Ganap na Nakakaalam ng inyong ginagawa. 95. Hindi makakapantay ng mga sumasampalataya na nanatili (sa kanilang tahanan), maliban na lamang ang mga may kapansanan (na naaksidente o bulag o pilay, atbp.), ang mga nagsisikap na mahusay at lumalaban sa Kapakanan ni Allah sa pamamagitan ng kanilang kayamanan at buhay. Si Allah ay nagtakda ng mga antas sa mga nagsisikap na mabuti at lumalaban sa pamamagitan ng kanilang kayamanan at buhay nang higit na mataas (kaysa) sa mga nananatili (sa kanilang tahanan). Sa bawat isa sa kanila, si Allah ay nangako ng kabutihan (Paraiso), datapuwa't higit na pinapahalagahan ni Allah ang mga nagsisikap na mabuti at lumalaban kaysa sa kanya na nananatili (sa kanilang tahanan), sa pamamagitan (ng pagbibigay) ng malaking gantimpala; 96. Mga antas (ng matataas) na marka mula sa Kanya, at pagpapatawad at habag. At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

97. Katotohanan! Sa kanila na kinuha ng anghel (ang

kaluluwa sa kamatayan) habang isinusuong nila ang kanilang sarili sa kamalian (sapagkat nanatili sila sa lipon ng mga hindi sumasampalataya kahit na ang paglikas ay katungkulan sa kanila), sila (ang mga anghel) ay magsasabi (sa kanila): "Sa anong (kalagayan) ba kayo noon? Sila ay magsasabi: "Kami noon ay mahina at inaapi sa kalupaan". Sila (ang mga anghel) ay magsasabi: "Hindi baga ang kalupaan ni Allah ay lubhang maluwang upang kayo ay makalikas?" Ang mga taong ito ay makakatagpo ng kanilang hantungan sa Impiyerno, – at gaano kasama itong (kanilang) patutunguhan! 98. Maliban sa mahihina sa lipon ng kalalakihan, kababaihan at mga bata na hindi makakagawa ng balakin, gayundin naman ay wala silang kakayahan upang patnubayan ang kanilang landas. 99. Sa kanila ay mayroong pag-asa na si Allah ay magpapatawad sa kanila, at si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Paulit-ulit na Nagpapatawad. 100. Siya na lumikas (at umiwan sa kanyang tahanan) tungo sa Kapakanan ni Allah ay makakatagpo sa kalupaan ng maraming matitirhan at kasaganaan upang mamuhay. At sinuman ang umiwan sa kanyang tahanan bilang isang nangingibang bayan dahilan (sa pagmamahal) kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita; at (kung) ang kamatayan ay dumatal sa kanya, ang kanyang (gawad) na gantimpala ay katiyakan na isang katungkulan ni Allah. At si Allah ay Lagi at Paulit-ulit na Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

101. At kung kayo (O mga Muslim) ay naglalakbay sa kalupaan, hindi isang kasalanan sa inyo kung inyong paikliin ang inyong pagdarasal kung kayo ay nangangamba na ang mga hindi sumasampalataya ay maaaring lumusob sa inyo; katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya

ay tunay na lantad ninyong kaaaway. 102. At kung ikaw (O Tagapagbalita, "Muhammad") ay nasa lipon nila, at sila ay iyong pinamumunuan sa pagdarasal, hayaan ang isang pangkat nila ay magsitindig na kasama ka (sa pagdarasal), na dala-dala ang kanilang mga sandata; at kung matapos na nila ang pagpapatirapa, hayaan silang mamalagi sa likuran at hayaan ang ibang pangkat na hindi pa nakapagdarasal ay lumapit, at hayaan sila na magdasal na kasama ka ng may lahat ng pag-iingat at may hawak na mga sandata. Ang mga hindi sumasampalataya ay nagnanais na kung kayo ay maging pabaya sa inyong mga sandata at mga dala-dalahan, kayo ay lulusubin nila nang minsanan, datapuwa't hindi isang kasalanan kung ibaba ninyo ang inyong mga sandata (kung nabibigatan) at kung ito ay hindi maginhawa kung umuulan, o sa dahilang kayo ay may karamdaman, datapuwa't gawin ninyo ang lahat ng pag-iingat sa inyong sarili. Katotohanang si Allah ay naghanda ng kaaba-abang kaparusahan sa mga hindi sumasampalataya. 103. At kung inyo nang natapos ang (sama-samang) pagdarasal, inyong alalahanin si Allah kahima't kayo ay nakatayo, nakaupo, o nakahimlay sa inyong tagiliran, datapuwa't kung kayo ay ligtas sa panganib, inyong ialay ang pagdarasal nang mahinusay. Katotohanan, ang pagdarasal ay ipinapatupad sa takdang oras sa mga sumasampalataya. 104. At huwag maging mahina sa (inyong) pagtugis sa kaaway kung kayo ay nagdurusa (sa mga kahirapan), gayundin (naman), katiyakang sila (rin) ay nagdurusa (ng mga kahirapan) na katulad ng inyong pagbabata, datapuwa't mayroon kayong pag-asa mula kay Allah (sa gantimpala ng Paraiso), na rito

sila ay hindi umaasa, at si Allah ay Lagi nang Ganap na Nakakaalam, ang Puspos ng Karunungan.

105. Tunay ngang ipinanaog Namin sa iyo (O Muhammad) ang Aklat (ang Qur'an) sa katotohanan upang ikaw ay makahatol sa pagitan ng mga tao sa mga bagay na ipinamalas ni Allah sa iyo (pagtuturo ng maka-Diyos na pahayag), kaya't huwag kang maging isa na nakikiusap para sa mga salawahan (at taksil). 106. At iyong paghanapin ang kapatawaran ni Allah, katiyakang si Allah ay Lagi at Paulit-ulit na Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 107. At huwag kayong makipagtalo sa kapakanan ng mga luminlang sa kanilang sarili. Katotohanang si Allah ay hindi nalulugod sa sinuman na nagkakaluno sa kanyang pagtitiwala at nalululong sa krimen. 108. Maikukubli nila (ang kanilang krimen) sa mga tao, datapuwa't hindi nila (ito) maitatago kay Allah, sapagkat Siya ay nasa piling nila (sa Kanyang karunungan) kung sila ay magbalak sa kinagabihan, na hindi Niya mapapahintulutan. At si Allah ay laging nakakasakop sa anumang kanilang ginagawa.

109. Ah! Kayo ang nakipagtalo sa kanila sa buhay sa mundong ito, datapuwa't sino ang makikipagtalo (makakapamagitan) sa kanila sa Araw ng Muling Pagkabuhay laban kay Allah, o sino kaya ang kanilang magiging tagapagtanggol? 110. At sinuman ang gumawa ng masama o nagbigay kamalian sa kanyang sarili, datapuwa't matapos ito, ay humanap ng kapatawaran ni Allah; kanyang matatagpuan na si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 111. At sinuman ang umani ng kasalanan, kanyang kinita ito para lamang sa kanyang sarili. At si Allah ay Lagi nang Ganap na Nakakaalam, ang Kapaham-

pahaman. 112. At sinuman ang umani ng kamalian o kasalanan at pagkatapos ay naghagis nito sa sinuman na walang muwang, katotohanang binigyan niya ang kanyang sarili ng dalahin ng kasinungalingan at ng maliwanag na kasalanan. 113. At kung hindi lamang ang Biyaya ni Allah at Kanyang Habag ay nasa sa iyo (O Muhammad), may isang pangkat sa kanila ang katiyakang gagawa ng pasya upang ikaw ay ilihis, datapuwa't (sa katotohanan), wala silang (ibang) iniligaw maliban sa kanilang sarili, at walang anumang kasahulan ang magagawa nila sa iyo kahit na katiting. Ipinanaog ni Allah sa iyo ang Aklat (ang Qur'an), at Al-Hikmah (Batas Islamiko, karunungan sa legal at di-legal na bagay, atbp.), at nagturo sa iyo ng hindi mo nalalaman. At Laging Dakila ang Biyaya ni Allah sa iyo (O Muhammad).

114. Walang anumang mabuti ang karamihan sa kanilang lihim na usapan, maliban sa kanya (sa lipon nila) na nag-uutos ng Sadaqah (kawanggawa sa Kapakanan ni Allah), o ng Ma'ruf (Kaisahan ng Diyos sa Islam, at lahat ng mabuti at matuwid na mga gawa na ipinag-utos ni Allah), o pakikipagkasundo sa pagitan ng mga tao, at siya na gumawa nito na naghahanap ng mabuting kasiyahan ni Allah, sa kanya ay Aming ipagkakaloob ang malaking gantimpala. 115. At sinuman ang sumalansang at tumutol sa Tagapagbalita (Muhammad) pagkaraan ang wastong landas ay maliwanag na ipinakita sa kanya at sumunod sa iba pa maliban sa landas ng mga sumasampalataya, siya ay Aming pananatilihin sa landas na kanyang pinili at siya ay susunugin sa Impiyerno; ah, isang masamang hantungan!

116. Katotohanan! Si Allah ay hindi nagpapatawad (sa kasalanan) ng pagbibigay ng mga katambal kay Allah sa

pagsamba (sa Kanya), datapuwa't Siya ay nagpapatawad sa ibang mga kasalanan maliban pa rito sa sinumang Kanyang maibigan, at sinuman ang mag-akibat ng katambal sa pagsamba kay Allah ay katiyakang napaligaw nang malayo. 117. Sila (na sumasamba sa iba maliban pa kay Allah) ay naninikluhod sa wala kundi sa mga babaeng diyus-diyosan bukod pa sa Kanya (Allah), at wala silang pinaninikluhuran maliban kay Satanas, isang nagpupumilit sa paghihimagsik. 118. Si Allah ay sumumpa sa kanya. At siya (Satanas) ay nagsabi: "Aking kakaunin ang natatakdaang bilang ng Inyong mga alipin; 119. Katotohanang sila ay aking ililihis, at katiyakang aking pag-aalabin sa kanila ang huwad na pagnanasa; at katiyakang aking ipag-uutos na gilitan nila ang mga tainga ng bakahan, at katotohanang aking ipag-uutos na palitan nila ang kalikasan na nilikha ni Allah." At sinuman ang tumangkilik kay Satanas bilang isang Wali (tagapangalaga o kawaksi) sa halip ni Allah ay katiyakang nagdusa ng maliwanag na pagkalugi. 120. Siya (Satanas) ay gumawa sa kanila ng mga pangako, at pinag-aalab niya sa kanila ang huwad na pagnanasa; at ang mga pangako ni Satanas ay wala ng iba kundi mga pandaraya. 121. Ang tirahan ng mga gayong (tao) ay Impiyerno, at sila ay hindi makakatagpo ng daan upang makatakas dito. 122. Datapuwa't ang mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at gumagawa ng kabutihan, sila ay Aming tatanggapin sa Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso) upang manahan dito magpakailanman. Ang pangako ni Allah ay Katotohanan, at kanino pa kayang Salita ang higit na makatotohanan maliban kay Allah? (Tunay ngang wala ng iba).

123. Hindi ang inyong mga naisin (O mga Muslim), gayundin ng Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano [ang makakapanaig]); sinumang gumawa ng kasamaan ay makakatanggap ng kabayaran nito, at siya ay hindi makakatagpo ng sinumang tagapangalaga o kawaksi maliban pa kay Allah. 124. At sinuman ang gumawa ng mabuting gawa, maging siya ay lalaki o babae, at isang tunay na nananampalataya sa Kaisahan ni Allah (Muslim), sila ay papasok sa Paraiso at walang isa mang katiting na kawalang katarungan, maging ito ay kasinglaki ng mantsa (batik) sa likod ng buto ng palmera, ang igagawad sa kanila. 125. At sino pa kaya ang higit na mabuti sa pananampalataya maliban sa kanya na nagsusuko ng kanyang mukha (sarili) kay Allah (ang pagsunod sa Islam at sa Nag-iisang Diyos); at siya ay isang Muhsin (mapaggawa ng kabutihan). At sumusunod sa pananampalataya ni Abraham na Hanifan (sumusunod sa Islam at sumasamba lamang kay Allah). At si Allah ang humirang kay Abraham bilang isang matalik na kaibigan. 126. At si Allah ang nag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan. At si Allah ang Lalagi nang Nakakasakop ng lahat ng bagay.

127. At sila ay nagtatanong sa iyong legal na pag-uutos tungkol sa kababaihan, (iyong) ipagbadya: "Si Allah ang nag-utos sa inyo tungkol sa kanila, at (gunitain) kung ano ang dinalit sa inyo sa Aklat, tungkol sa mga ulilang babae na hindi ninyo ginawaran ng itinalagang bahagi (ang tungkol sa Mahr [handog sa kasal] at pamana), magkagayunman ay inyong ninanasa na mapangasawa, gayundin ang (tungkol) sa mga batang mahihina at inaapi, na kayo ay tumayo nang matatag para sa katarungan ng mga ulila. At anumang mabuti

ang inyong ginawa, si Allah ay Lalagi nang Nakakabatid ng mga ito. 128. At kung ang isang babae ay magkaroon ng pangangamba sa kalupitan o pag-iwan sa kanya ng kanyang asawa, hindi isang kasalanan sa bawat isa sa kanila kung sila ay gumawa ng kasunduan ng kapayapaan sa pagitan nila; at ang pakikipagpayapaan ay higit na mabuti. At ang makataong saloobin (na pangsarili) ay napapahinunod ng pagkagahaman. Datapuwa't kung kayo ay gumawa ng kabutihan at umiwas sa kasalanan, katotohanang si Allah ay Lalagi nang Nakakabatid ng anumang inyong ginagawa. 129. Hindi kailanman kayo makakagawa ng ganap na pakikitungo ng may (pantay) na katarungan sa pagitan ng inyong mga asawang (babae), kahima't ito ang inyong maalab na naisin, kaya't kayo ay huwag na lubhang kumiling sa isa sa kanila (sa pagbibigay ng higit ninyong panahon at handog) upang ang iba ay maiwan na nasa alanganin (alalaong baga, hindi diniborsyo o hindi pinangasawa). At kung kayo ay gagawa ng katarungan, at gagawa ng lahat ng matuwid at magkaroon ng pagkatakot kay Allah sa pamamagitan nang pag-iwas sa lahat ng kamalian, kung gayon, si Allah ay Lalagi nang Nagpapatawad ng paulit-ulit, ang Pinakamaawain. 130. Datapuwa't kung sila ay maghiwalay (sa pamamagitan ng diborsyo), si Allah ang magkakaloob ng kasaganaan sa bawat isa sa kanila mula sa Kanyang Biyaya. At si Allah ay Lalagi nang may Kasapatan sa lahat ng pangangailangan ng Kanyang mga nilikha, ang Ganap na Maalam.

131. At si Allah ang nag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan. At katotohanan na Aming pinagtagubilinan ang Angkan ng Kasulatan na nangauna sa

inyo, at kayo (O mga Muslim), na inyong pangambahan si Allah at inyong panatilihin ang inyong tungkulin sa Kanya, datapuwa't kung kayo ay hindi manampalataya, kung gayon, kay Allah ang pag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan, at si Allah ay Lalagi nang Masagana (hindi nangangailangan ng anuman), ang Karapat-dapat sa lahat ng mga Papuri. 132. At kay Allah ang pag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan. At si Allah ay Lalagi nang Sapat bilang tagapamahala ng mga pangyayari. 133. Kung Kanyang naisin, magagawa Niyang wasakin kayo, O sangkatauhan, at gumawa ng panibagong lahi. At si Allah ay may Ganap na Kapangyarihan sa ganitong bagay. 134. At sinuman ang magnais ng gantimpala sa buhay sa mundong ito, kung gayon, kay Allah (lamang at wala ng iba) ang gantimpala sa makamundong buhay na ito at ng Kabilang Buhay. At si Allah ay Lalagi nang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Nakakamasid.

135. O kayong nagsisisampalataya! Manindigan kayo nang matatag sa katarungan, bilang mga saksi kay Allah, kahima't ito ay maging laban sa inyong sarili, o sa inyong magulang, o sa inyong kamag-anak; maging mayaman o mahirap, si Allah ay higit na mainam na tagapangalaga sa kanila (kapwa sa mayaman at mahirap). Kaya't huwag ninyong sundin ang paghahangad (ng inyong puso), baka (sakaling) kayo ay umiwas sa katarungan, at kung inyong baligtarin (ang katarungan) o tumanggi na gumawa ng katarungan, katotohanang si Allah ay Lalagi nang Nakakabatid ng anumang inyong ginagawa.

136. O kayong nagsisisampalataya! Manampalataya kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita (Muhammad),

at sa Aklat (ang Qur'an) na ipinanaog Niya sa Kanyang Tagapagbalita, at sa Kasulatan na Kanyang ipinanaog nang una (pa sa kanya), at sinuman ang hindi manampalataya kay Allah, sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Aklat, sa Kanyang mga Tagapagbalita, at sa Huling Araw, kung gayon, katotohanang siya ay napaligaw nang malayo. 137. Katotohanan, ang mga sumasampalataya; at (kung sila) ay bumalik sa kawalan ng pananampalataya, at muling nanampalataya, at muling bumalik sa kawalan ng pananampalataya, at nagpatuloy sa masahol na kawalan ng pananampalataya; si Allah ay hindi magpapatawad sa kanila, gayundin naman, sila ay hindi gagabayan sa (tamang) landas. 138. Iparating sa mga mapagkunwari ang balita na sa kanila (ay naghihintay) ang isang kasakit-sakit na kaparusahan. 139. Ang mga tumatangkilik sa mga hindi sumasampalataya bilang kanilang Auliya (tagapangalaga o kawaksi o kaibigan) sa halip ng mga sumasampalataya, sila baga ay naghahanap sa kanila ng karangalan? Katotohanan, ang lahat ng karangalan ay (tanging) na kay Allah lamang.

140. At naipahayag nang ganap sa inyo sa Aklat (ang Qur'an), na kung inyong maririnig ang mga Talata ni Allah na itinatakwil at tinutuya, kung gayon, huwag kayong makiupo sa kanila, hanggang sa sila ay magkaroon ng pag-uusap na naiiba rito; (datapuwa't kung kayo ay manatili sa kanila), katiyakan, na sa ganitong kalagayan, kayo ay magiging katulad (din) nila. Katotohanang titipunin ni Allah ang mga mapagkunwari at mga hindi sumasampalataya nang sama-sama sa Impiyerno, 141. Ang (mga mapagkunwari) na naghihintay at nagmamatyag sa inyo; kung kayo ay makapagtamasa ng tagumpay mula kay

Allah, sila ay nagsasabi: “Hindi baga kami ay nasa panig ninyo?”, datapuwa’t kung ang mga hindi sumasampalataya ay nakapagwagi ng tagumpay, sila ay nagsasabi (sa kanila): “Hindi baga kami ay higit na maalam sa inyo at hindi baga namin pinangalagaan kayo sa mga sumasampalataya?” Si Allah ang hahatol sa pagitan ninyong (lahat) sa Araw ng Muling Pagkabuhay. At hindi kailanman ipagkakaloob ni Allah sa mga hindi sumasampalataya ang paraan (upang makapagwagi) laban sa mga sumasampalataya.

142. Katotohanan, ang mga mapagkunwari ay naghahangad na linlangin si Allah, datapuwa’t Siya ang lilinlang sa kanila. At kung sila ay magsitindig na sa pagdarasal, sila ay tumitindig ng may katamaran at upang mamalas lamang ng mga tao, at hindi nila naaala-ala si Allah maliban sa katiting lamang. 143. (Sila) ay nag-uurong sulong sa pagitan nito (at niyaon), at hindi nabibilang sa alinman sa mga ito o sa mga yaon, at sinuman ang hayaan ni Allah na mapaligaw, kayo ay hindi makakatagpo para sa kanya ng daan (upang tumakas). 144. O kayong nagsisisampalataya! Huwag ninyong tangkilikin bilang Auliya (mga tagapangalaga o kawaksi o kaibigan) ang mga hindi sumasampalataya sa halip ng mga sumasampalataya. Nais ba ninyong ihandog kay Allah ang isang nagliliwanag na katibayan laban sa inyong sarili? 145. Katotohanan, ang mga mapagkunwari ay mapapasakailaliman (ng antas) ng Apoy; walang sinumang kawaksi ang inyong matatagpuan para sa kanila. 146. Maliban sa mga nagtitika (sa kanilang pagiging mapagkunwari), at gumagawa ng kabutihan, at nagtitiwala kay Allah, at nagpapadalisay ng kanilang pananampalataya kay Allah (sa pamamagitan ng tanging pagsamba lamang

sa Kanya at gumagawa ng kabutihan dahilan kay Allah), (kung magkagayon), sila ay mapapabilang sa mga sumasampalataya. At si Allah ay magkakaloob sa mga sumasampalataya ng malaking gantimpala. 147. Ano ang mapapakinabang ni Allah sa inyong kaparusahan, kung kayo ay may pasasalamat at nananampalataya sa Kanya? At si Allah ay Lalagi nang Ganap na Nagpapahalaga (sa mabuti), ang Ganap na Nakakaalam.

148. Hindi nagugustuhan ni Allah ang pagsigaw ng mga masasamang salita sa harap ng mga tao maliban sa kanya na ginawaran ng kawalang katarungan. At si Allah ay Lalagi nang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Nakakaalam. 149. Kahima't kayo (O sangkatauhan) ay maglantad (sa pamamagitan ng mabuting salita at pasasalamat) ng isang mabuting gawa (na ginawa sa inyo sa anyo ng kagandahang loob ng iba), o ikubli ito, o magpatawad ng isang kasamaan, katotohanang si Allah ay Lalagi nang Nagpapatawad nang Paulit-ulit, ang Ganap na Makapangyarihan. 150. Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya kay Allah at sa Kanyang mga Tagapagbalita at nagnanais na gumawa ng pagtatangi-tangi sa pagitan ni Allah at ng Kanyang mga Tagapagbalita (sa pamamagitan ng pananalig kay Allah at hindi paniniwala sa Kanyang mga Tagapagbalita) na nagsasabi, "Kami ay nananampalataya sa iba subalit (kami rin) ay nagtatakwil sa iba," at nagnanais na tumahak sa gitnang daan, 151. Sa katotohanan, sila ay mga hindi nananampalataya; at Aming inihanda sa mga hindi sumasampalataya ang kaaba-abang kaparusahan. 152. At sa mga sumasampalataya kay Allah at sa Kanyang mga Tagapagbalita at hindi nagbibigay ng pagtatangi-

tangi sa pagitan ng sinuman sa mga Tagapagbalita, Aming ipagkakaloob sa kanila ang kanilang gantimpala, at si Allah ay Lalagi nang Nagpapatawad nang Paulit-ulit, ang Pinakamaawain.

153. Ang Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo) ay humiling sa iyo na mangyaring manaog sa kanila ang isang aklat mula sa langit. Katotohanang sila ay humiling kay Moises ng higit pang dakila dito, nang kanilang sabihin: "Ipakita mo sa amin si Allah sa harap ng maraming tao," datapuwa't sila ay sinakmal ng dagundong ng kulog at kidlat dahil sa kanilang kabuktutan. (Ngunit) di naglaon, ay kanilang sinamba ang batang baka (bulo) kahit na pagkaraang dumatal ang maliwanag na mga katibayan at tanda sa kanila. (Gayunpaman) ay Aming pinatawad sila; at binigyan (Namin) si Moises ng maliwanag na katibayan ng kapamahalaan. 154. At para sa kanilang Kasunduan ay Aming itinaas sa ibabaw nila ang Bundok (ng Sinai) at (sa ibang pangyayari) ay Aming winika: "Magsipasok kayo sa tarangkahan na nagpapatirapa (o yumuyukod) ng may kapakumbabaan"; at (muli) sila ay Aming pinag-utusan: "Huwag kayong lumabag (sa paggawa ng makamundong bagay) kung (araw) ng Sabado." At nakipagkasundo Kami sa kanila ng isang matibay na Kasunduan.

155. At dahilan sa kanilang pagsira sa Kasunduan at kanilang pagtatakwil sa Ayat (mga katibayan, aral, kapahayagan, tanda, atbp.) ni Allah, at sa kanilang pagpatay sa mga Propeta ng walang katarungan, at sa kanilang pagsasabi: "Ang aming puso ay nababalutan (alalalong baga, hindi namin nauunawaan kung ano ang sinasabi ng mga Tagapagbalita)", hindi, si Allah ay naglagay ng sagka sa kanilang (puso)

dahilan sa kanilang kawalan ng pananalig, kaya't sila ay hindi nananalig maliban sa kaunti lamang. 156. At dahilan sa kanilang (mga Hudyo) hindi pananampalataya at sa kanilang pagsasabi ng laban kay Maria ng isang mabigat at walang katotohanang paratang (na siya ay gumawa ng bawal na pakikipagtalik [sa lalaki]); 157. At sa kanilang pagsasabi (na nagpaparangalan), "Aming pinatay ang Mesiyas na si Hesus, ang anak ni Maria, ang Tagapagbalita ni Allah, datapuwa't siya ay hindi nila napatay, gayundin naman, siya ay hindi nila naibayubay sa krus, datapuwa't ang nailagay na lalaki ay kawangis ni Hesus (at kanilang napatay ang lalaking ito), at ang may pagkakahidwa (o ibang paniniwala) rito ay puspos ng alinlangan, na ang kaalaman ay walang (katiyakan); wala silang sinusunod maliban sa haka-haka, sapagkat katotohanang siya (alalaong baga, si Hesus na anak ni Maria), ay hindi nila napatay; 158. Datapuwa't itinaas siya (Hesus) sa (kanyang katawan at kaluluwa) ni Allah sa Kanyang piling (at si Hesus ay nasa kalangitan [ngayon]). At si Allah ay Lalagi nang Tigib ng Kapangyarihan, ang Puspos ng Kaalaman.

159. At walang sinuman sa Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano), ang maliliban (o mangyayari) na hindi mananalig sa kanya (kay Hesus, ang anak ni Maria, bilang isang Tagapagbalita lamang ni Allah at isang tao) bago dumatal ang kanyang kamatayan; at sa Araw ng Muling Pagkabuhay, siya (Hesus) ay magiging saksi laban sa kanila. 160. At dahil sa katampalasanan ng mga Hudyo ay Aming ginawa na bawal sa kanila (hindi nararapat) ang ilang piling pagkain (na mabuti), na noon ay hindi bawal (pinapayagan) sa kanila, at sa kanilang paghadlang sa

marami sa Landas ni Allah; 161. At sa kanilang pagtanggap ng Riba (interes, o patubo sa pera o pautang), bagama't sila ay pinagbawalan at sa kanilang pagkamkam ng walang katarungan sa yaman ng mga tao (at sa panunuhol). At Aming inihanda sa mga hindi sumasampalataya sa lipon nila ang kasakit-sakit na kaparusahan. 162. Datapuwa't ang mga iba sa kanilang lipon na may matatag na karunungan, at ang mga sumasampalataya, ay nananalig sa ipinanaog sa iyo (O Muhammad) at sa ipinanaog (na kapahayagan) noong una pa sa iyo, at ang mga nag-aalay ng dasal nang mahinusay, at nagkakaloob ng Zakah (katungkulang kawanggawa) at sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw, sila ang Aming bibigyan ng malaking gantimpala.

163. Katotohanang ikaw (O Muhammad) ay binigyan Namin ng inspirasyon, kung paano rin (naman) Namin binigyan ng inspirasyon si Noe at ang mga Propeta na sumunod sa kanya. Amin (ding) binigyan ng inspirasyon si Abraham, Ismael, Isaac, Hakob, at Al-Asbat (ang labingdalawang anak ni Hakob), si Hesus, Job, Jonas, Aaron, at Solomon, at kay David ay Aming iginawad ang Salmo. 164. At sa mga Tagapagbalita na Aming binanggit sa iyo noong una, at sa mga Tagapagbalita na hindi Namin nabanggit sa iyo, at kay Moises, si Allah ay tuwirang nangusap. 165. Mga Tagapagbalita na nagbigay ng magagandang pahayag gayundin ng babala upang ang sangkatauhan ay wala nang maipangatwiran laban kay Allah, matapos ang mga Tagapagbalita (ay isugo). At si Allah ay Lalagi nang Puspos ng Kapangyarihan, ang Tigib ng Kaalaman.

166. Datapuwa't si Allah ang nagpapatotoo sa bagay na Kanyang ipinadala (ang Qur'an) sa iyo (O Muhammad),

at Kanyang ipinanaog ito sa Kanyang Karunungan, at ang mga anghel ay nagpapatotoo (rin). At si Allah ay Ganap at Sapat na bilang isang Saksi. 167. Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya (sa pamamagitan ng pagkukubli sa katotohanan tungkol kay Propeta Muhammad at ng Kanyang kapahayagan na nasusulat para sa kanila sa Torah [mga Batas] at Ebanghelyo) at humahadlang (sa sangkatauhan) tungo sa Landas ni Allah (Pagiging Tunay na Isa ni Allah), katiyakang sila ay napaligaw nang malayo. 168. Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya at nagsisigawa ng kabuhungan (sa pamamagitan ng pagkukubli sa katotohanan), si Allah ay hindi magpapatawad sa kanila, gayundin naman, sila ay hindi Niya papatnubayan sa anumang landas, 169. Maliban sa daan ng Impiyerno, upang manahan dito magpakailanman, at ito ay lubhang magaan kay Allah. 170. O sangkatauhan! Tunay ngang dumatal sa inyo ang Tagapagbalita (Muhammad) na may katotohanan mula sa inyong Panginoon, kaya't manalig kayo sa kanya, ito ay higit na mainam sa inyo. Datapuwa't kung kayo ay hindi sumampalataya, kung gayon, kay Allah ang ganap na pag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at kalupaan. At si Allah ay Lalagi nang Puspos ng Kaalaman, ang Tigib ng Karunungan.

171. O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano)! Huwag kayong magmalabis sa hangganan ng pananampalataya, at huwag din kayong magsabi ng tungkol kay Allah maliban sa katotohanan. Ang Mesiyas na si Hesus, ang anak ni Maria, ay (hindi hihigit pa) sa isang Tagapagbalita ni Allah at Kanyang Salita ("Mangyari nga!", at ito ay magaganap) na Kanyang iginawad kay Maria at

isang Ruh (espiritu) na Kanyang nilikha (alalaong baga, ang kaluluwa ni Hesus ay nilikha ni Allah, samakatuwid siya ay Kanyang alipin, at si Allah at ang espiritu ay hindi magkapantay o magkatulad); kaya't manampalataya kay Allah at sa Kanyang mga Tagapagbalita. Huwag kayong mangusap ng: "Trinidad (o Tatlo)!" Magsitigil! (Ito ay) higit na mainam sa inyo. Sapagkat si Allah (ang tanging) Nag-iisang Diyos, ang Kaluwalhatian ay sa Kanya, (higit Siyang mataas) kaysa (sa lahat) upang magkaroon ng anak. Sa Kanya ang pag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan. At si Allah ay Lalagi at Sapat na upang maging Tagapamahala ng lahat ng mga pangyayari. 172. Ang Mesiyas ay hindi kailanman magpapawalang halaga (magiging palalo) na paglingkuran at sambahin si Allah, gayundin ang mga anghel na pinakamalapit (kay Allah). At sinumang magtakwil ng pagsamba sa Kanya at maging palalo, sila ay Kanyang titipuning lahat nang sama-sama sa Kanya (upang magsulit). 173. Datapuwa't ang mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at nagsisigawa ng kabutihan, sa kanila ay Kanyang ipagkakaloob ang kanilang (nakalaang) gantimpala, at marami pang (iba) mula sa Kanyang Biyaya. Datapuwa't sa mga nagwawalang bahala sa pagsamba sa Kanya at mga palalo, sila ay Kanyang parurusahan ng kasakit-sakit na kaparusahan. At sila ay hindi makakatagpo para sa kanilang sarili maliban pa kay Allah ng anumang tagapangalaga o kawaksi. 174. O sangkatauhan! Katotohanang dumatal sa inyo ang isang nakapanghihikayat na katibayan (si Propeta Muhammad) mula sa inyong Panginoon, at Aming ipinanaog sa inyo ang lantad na liwanag (ang Qur'an).

175. At sa mga sumasampalataya kay Allah at nananangan (sa pagtitiwala) sa Kanya, sila ay Kanyang tatanggapin sa Kanyang Habag at Biyaya (alalaong baga, ang Paraiso), at Kanyang papatnubayan sila sa Kanyang (Sarili) sa pamamagitan ng tuwid na landas. 176. Sila ay nagtatanong sa iyo tungo sa isang makatuwiran (o legal) na pasya. Ipagbadya: "Si Allah ay namamatnubay tungkol sa Al-Kalalah (ang mga [pumanaw] na walang naiwang tagapagmana maging sa kamag-anak na paitaas o pababa [ninuno o anak]). Kung ang namatay ay isang lalaki na nakaiwan ng isang kapatid (na babae), ngunit walang anak, siya (ang kapatid na babae) ay magtatamo ng kalahati ng pamana. At (kung ang namatay) ay isang babae, na walang naiwang anak, ang kanyang kapatid (na lalaki) ang magtatamo ng pamana. Kung mayroong dalawang kapatid (na babae); sila ay magtatamo ng dalawang katlo (2/3) ng pamana; kung mayroong mga kapatid na lalaki at mga babae, ang lalaki ay magtatamo ng dalawang bahagi (doble) ng parte ng babae. (Sa ganito) ay ginawang maliwanag ni Allah sa inyo (ang Kanyang Batas), at kung hindi, baka kayo ay maligaw." At si Allah ang may Ganap na Kaalaman sa lahat ng bagay.

Ang Mantel Na May Pagkain

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. O kayong nagsisisampalataya! Tuparin ninyo ang inyong mga tungkulin. Sa inyo ay pinahihintulutan (bilang pagkain) ang lahat ng mga hayop na bakahan maliban na lamang kung ano ang sa inyo ay ipapahayag (dito), ang pangangaso (bilang paglilibang) ay hindi pinahihintulutan kung kayo ay magsasagawa ng Hajj (Pilgrimahe) o Umrah (Maigsing Pilgrimahe). Katotohanang si Allah ay nag-uutos ng Kanyang maibigan. 2. O kayong nagsisisampalataya! Huwag ninyong labagin ang kabanalan ng mga Ritwal ni Allah, gayundin ang Banal na Buwan, gayundin ang mga hayop na dinala bilang alay (sakripisyo), gayundin ang mga koronang bulaklak na siyang tanda ng gayong hayop (o mga tao), gayundin ang mga tao na pumaparoon sa Banal na Tahanan (sa Makkah), na naghahanap ng biyaya at mabuting kasiyahan ng kanilang Panginoon. Datapuwa't kung inyo nang natapos (o nahubad) ang Ihram [damit na suot] (ng Hajj o Umrah), maaari na kayong mangaso, at huwag hayaan ang pagkamuhi ng ilang tao (noon) ay makapigil sa inyo na makapasok sa Al Masjid Al Haram (sa Makkah), at ito ay magbulid sa inyo na lumabag (at maging malupit sa inyong panig). Magtulungan kayo sa isa't isa sa Al-Birr at At-Taqwa (kagandahang asal, katuwiran at kabanalan), datapuwa't huwag kayong magtulungan sa isa't

isa sa kasalanan at pagsuway. At pangambahan si Allah, katotohanang si Allah ay mahigpit sa kaparusahan.

3. Ang ipinagbabawal sa inyo (bilang pagkain) ay ang mga Al-Maytata (ang patay na hayop – mga hayop na hindi kinatay), ang dugo, ang laman ng baboy, at ang karne (ng mga hayop) na kinatay bilang alay (sakripisyo) sa iba maliban pa kay Allah, o ang mga kinatay (na hayop) patungkol sa diyus-diyosan, atbp., o sa mga hayop na hindi binanggit ang Ngalan ni Allah habang kinakatay, at ang mga pinatay sa pagkabigti (o pagkasakal), o sa pamamagitan ng matinding hampas, o sa pagkahulog sa bangin (o mataas na lugar), o sa pagkasila sa pamamagitan ng sungay, – at ang mga nakain na (ang bahagi) ng mga mababagsik (maiilap) na hayop, maliban na lamang kung nakuha pa ninyo na katayin ito (bago mamatay), – at ang mga inialay (kinatay) sa An-Nusub (mga altar na bato). (Ipinagbabawal) rin ang paggamit ng busog (o palaso) upang humanap ng suwerte o kapasiyahan, ang (lahat) ng ito ay Fisqun (pagsuway kay Allah at [isang] kasalanan). Sa araw na ito, ang lahat ng mga hindi sumampalataya ay nawalan na ng lahat ng pag-asa sa inyong pananampalataya, kaya't sila ay huwag ninyong pangambahan, datapuwa't Ako ay inyong pangambahan. Sa araw na ito ay pinaging ganap Ko ang inyong pananampalataya para sa inyo, at nilubos Ko ang Aking paglingap sa inyo, at Aking itinakda sa inyo ang Islam bilang inyong pananampalataya. Datapuwa't siya na napilitan dahil sa matinding pagkagutom, na walang pagnanais na magkasala (sila ay maaaring kumain ng gayong mga laman o karne), at katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

4· Sila ay nagtatanong sa iyo (O Muhammad) kung ano ang pinahihintulutan sa kanila (bilang pagkain). Ipagbadya: "Sa inyo ay pinahihintulutan ang mga At-Tayyibat (ang lahat ng mga Halal [matuwid at tumpak]) na pagkain na ginawa ni Allah at pinahihintulutan (ang laman ng mga kinatay at maaaring kainin na hayop, mga produktong mula sa gatas, mga taba, gulay, prutas, atbp.). At mga hayop at mga ibon na naninila na inyong tinuruan upang makapangaso; na sila ay sinasanay at tinuturuan (upang humuli) sa paraan na ipinag-utos sa inyo ni Allah, kaya't inyong kainin ang nahuli nila para sa inyo, datapuwa't inyong ipahayag ang Ngalan ni Allah sa harapan nila (ng mga hayop), at inyong pangambahan si Allah. Katotohanang si Allah ay Maagap sa Pagsusulit. 5· Ginawang tumpak at matuwid sa inyo sa araw na ito ay ang mga At-Tayyibat (lahat ng Halal na pagkain). Ang pagkain (kinatay na bakahan at mga maaaring kainin na hayop, atbp.) ng mga tao ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ay pinahihintulutan din sa inyo at ang sa inyo ay pinahihintulutan din sa kanila. (Ang pinahihintulutan sa inyo sa pag-aasawa) ay mga malilinis na babae mula sa mga nananampalataya at mga malilinis na babae ng mga ginawaran ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) nang una sa inyong panahon, kung inyo nang naibigay sa kanila ang katampatang Mahr (dote o handog na salapi [o iba pang yaman] na ibinibigay ng lalaki sa kanyang asawa sa sandali ng pagpapakasal), na naghahangad ng kalinisan (alalaong baga, pagpiling sa kanila sa legal na kasal), at hindi gumagawa ng bawal na pakikipagtalik, at gayundin naman ay hindi nagtuturing sa kanila bilang mga kaibigang babae (may relasyon sa labas ng kasal). At sinuman ang

hindi sumampalataya sa Kaisahan ni Allah at sa ibang mga Artikulo ng Pananampalataya (alalaong baga, sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Aklat, sa Kanyang mga Tagapagbalita, sa Araw ng Muling Pagkabuhay at sa Al-Qadar [Kasasapitan]), kung gayon, walang saysay ang kanyang ginagawa, at sa Kabilang Buhay, siya ay mapapabilang sa mga talunan.

6. O kayong nagsisisampalataya! Kung kayo ay nagnanais na mag-alay ng dasal, hugasan ang inyong mukha at inyong mga kamay hanggang sa siko, pahirin ang inyong ulo (sa paghagod sa ibabaw nito ng basang kamay), at hugasan ang inyong mga paa hanggang sa bukung-bukong. Kung kayo ay nasa kalagayan ng Janaba (alalaong baga, may lumabas na semilya sa maselang bahagi ng katawan), dalisayin ninyo ang inyong sarili (sa paliligo ng buong katawan). Datapuwa't kung kayo ay maysakit o naglalakbay o kung sinuman sa inyo ang kagagaling lamang sa pananabi (pag-ihi o pagdumi), o kung kayo ay nakipagniig sa mga babae (alalaong baga, seksuwal na pakikipagtalik), at kayo ay hindi makatagpo ng tubig, kung gayon, kumuha ng malinis na lupa at ihaplos ito sa inyong mukha at mga kamay. Si Allah ay hindi naghahangad na ilagay (kayo) sa kahirapan, datapuwa't nais Niya na kayo ay dalisayin, at upang mapaging ganap Niya ang Kanyang paglingap sa inyo upang kayo ay magkaroon ng damdamin ng pasasalamat.

7. At alalahanin ang Biyaya ni Allah sa inyo at sa Kanyang Kasunduan na rito kayo ay may katungkulan nang kayo ay magsabi: "Kami ay nakakarinig at kami ay tumatalima." At pangambahan si Allah. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ng mga lihim (ng inyong) dibdib.

8. O kayong nagsisisampalataya! Manindigan kayo nang matatag kay Allah at maging makatarungang mga saksi at huwag hayaan na ang galit at pagkamuhi ng mga iba ay makagawa sa inyo na umiwas sa katarungan. Maging makatarungan: ito ay higit na malapit sa kabanalan, at pangambahan si Allah. Katotohanang si Allah ay Ganap na Nakakabatid ng anumang inyong ginagawa. 9. Si Allah ay nangako sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah, pagiging Tanging Isa ng Diyos sa Islam), at gumagawa ng kabutihan, na para sa kanila ay mayroong pagpapatawad at isang malaking gantimpala (alalaong baga, ang Paraiso). 10. Sila na hindi sumasampalataya at nagtatakwil sa Aming Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.) ay siyang magsisitahan sa Apoy ng Impiyerno. 11. O kayong nagsisisampalataya! Alalahanin ang kagandahang loob (biyaya) ni Allah sa inyo nang ang ilang tao ay magnais (gumawa ng balak) na iunat ang kanilang mga kamay laban sa inyo, datapuwa't (si Allah) ang pumigil sa kanilang mga kamay tungo sa inyo. Kaya't pangambahan si Allah. At hayaan ang mga sumasampalataya ay maglagay ng kanilang pagtitiwala kay Allah.

12. Katotohanang si Allah ay kumuha ng Kasunduan mula sa Angkan ng Israel (mga Hudyo), at Kami ay nagtalaga ng labingdalawang pinuno sa kanilang lipon. At si Allah ay nagwika: "Ako ay nasa sa inyo kung kayo ay nag-aalay ng dasal nang mahinusay (Iqamat-as-Salat) at nagbibigay ng Zakah (katungkulang kawanggawa) at nananalig sa Aking mga Tagapagbalita, na nagbibigay dangal at tumutulong sa kanila, at nagpapautang kay Allah ng mabuting pautang. Katotohanang Ako ay magpapatawad ng inyong mga

kasalanan at kayo ay Aking tatanggapin sa Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso). Datapuwa't sinuman sa inyo makaraan nito ay mawalan ng pananampalataya, katiyakang siya ay naligaw nang malayo sa Tuwid na Landas." 13. Kaya't dahilan sa kanilang hindi pagtupad ng kanilang Kasunduan, sila ay Aming isinumpa, at hinayaan Namin ang kanilang puso ay tumigas. Sila ay nagpapalit (o nagbabago) ng mga salita sa kanyang (tamang) kahulugan at lubha nilang iniwan ang magandang bahagi ng Kapahayagan na ipinadala sa kanila. At kayo ay hindi matitigil na makatuklas ng pandaraya sa kanila, maliban lamang sa ilan sa kanila. Datapuwa't sila ay inyong patawarin at kalimutan (ang kanilang masasamang gawa). Katotohanang si Allah ay nagmamahal sa Al-Muhsinun (mga gumagawa ng kabutihan, ang mga nagbibigay ng kagandahang loob sa mga karapat-dapat).

14. At sa mga tumatawag sa kanilang sarili na mga Kristiyano, Kami ay kumuha ng kanilang Kasunduan, datapuwa't iniwan nila ang magandang bahagi ng Kapahayagan na ipinadala sa kanila. Kaya't nagtanim Kami sa lipon nila ng galit at pagkamuhi hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay (nang kanilang ipagwalangbahala ang Aklat ni Allah, sumuway sa mga Tagapagbalita ni Allah at Kanyang kautusan at lumabag sa lahat ng hangganan ng pagsuway), at si Allah ang magpapahayag sa kanila kung ano ang nakahiratihan na nilang ginagawa.

15. O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano)! Ngayon ay dumatal sa inyo ang Aming Tagapagbalita (Muhammad) na nagpapaliwanag na mabuti sa inyo ng bagay na inyong itinatago mula sa Kasulatan at (ito)

ay inyong lubhang dinadaan-daanan lamang (alalaong baga, hinahayaan lamang na walang pagpapaliwanag). Katotohanang dumatal sa inyo mula kay Allah ang isang liwanag (Propeta Muhammad) at isang maliwanag na Aklat (ang Qur'an). 16. (Dito) si Allah ay namamatnubay sa mga naghahanap ng Kanyang mabuting kaluguran sa mga paraan ng kapayapaan, at sila ay Kanyang iniahon mula sa kadiliman tungo sa liwanag sa Kanyang nais at Kanyang pinatnubayan sila sa Matuwid na Landas (sa pagiging Tanging Isa ng Diyos sa Islam). 17. Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya (ay sila) na nagsasabi na si Allah ay ang Mesiyas, ang anak ni Maria. Ipagbadya (O Muhammad): "Sino kaya baga ang may pinakamaliit na kapangyarihan laban kay Allah, kung Kanyang naisin na wasakin ang Mesiyas, ang anak ni Maria, ang kanyang ina, at lahat ng nasa kalupaan nang magkakasama? At kay Allah ang pag-aangkin ng kapamahalaan ng kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito. Lumilikha Siya ng Kanyang naisin. At si Allah ay Makakagawa ng lahat ng bagay.

18. At ang mga Hudyo at mga Kristiyano ay (kapwa) nagsasabi: "Kami ang mga anak ni Allah at Kanyang minamahal." Ipagbadya: "Kung gayon, bakit kayo ay Kanyang pinarusahan sa inyong mga kasalanan?" Hindi, kayo ay mga tao lamang; at sa Kanyang mga nilikha, pinatatawad Niya ang Kanyang maibigan at pinarurusahan Niya ang Kanyang maibigan. At si Allah ang nag-aangkin ng kapamahalaan sa kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito, at sa Kanya ang pagbabalik (ng lahat). 19. O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano)!

Ngayon ay dumatal sa inyo ang Aming Tagapagbalita (Muhammad) na gumagawa (na ang mga bagay) ay maging maliwanag sa inyo, matapos na mauntol (ang sunod-sunod) na mga Tagapagbalita, kung hindi, maaari ninyong sabihin: "Walang dumatal sa amin na nagdala ng mabuting balita at walang tagapagbabala." Datapuwa't ngayon ay dumatal sa inyo ang isang tagapagdala ng mabuting balita at isang tagapagbabala. At si Allah ay makakagawa ng lahat ng bagay.

20. At (gunitain) nang sabihin ni Moises sa kanyang pamayanan: "O aking pamayanan! Alalahanin ninyo ang kagandahang loob ni Allah sa inyo nang Siya ay humirang ng mga propeta sa lipon ninyo; kayo ay Kanyang ginawang mga hari, at ipinagkaloob Niya sa inyo ang mga bagay na hindi Niya ipinagkaloob sa iba pa sa bunton ng lahat ng mga nilalang (ng inyong kapanahunan). 21. "O aking pamayanan! Pumasok kayo sa banal na lupa (Palestina) na siyang itinalaga sa inyo ni Allah, at huwag kayong tumalikod (sa pagtakas), sapagkat kung magkakagayon, kayo ay magsisibalik na mga talunan. 22. Sila ay nagsabi: "O Moises, Naririto (sa lupaing ito) ang mga tao na may magagaling na lakas, at kami ay hindi kailanman papasok dito hanggang sa iwan nila ito; at kung sila ay umalis, kung gayon, kami ay papasok." 23. Ang dalawa sa mga tao na nangamba (kay Allah), na pinagkalooban ni Allah ng Kanyang Biyaya (sila ay sina Yusha at Ka'lab) ay nagsabi: "Sila ay inyong salakayin sa Tarangkahan, sapagkat kung kayo ay makapasok na, ang tagumpay ay sasainyo, at inyong ibigay ang pagtitiwala kay Allah kung kayo ay tunay na nananampalataya. 24. Sila ay nagsabi: "O Moises! Hindi kami kailanman papasok dito

habang sila ay nandirito. Kaya't ikaw ay pumaroon (na kasama) ang iyong Panginoon at makipaglaban kayong dalawa, kami ay mauupo (lamang) dito."

25. Siya (Moises) ay nagsabi: "O aking Panginoon! Ako ay may kapangyarihan lamang sa aking sarili at sa aking kapatid (na lalaki), kaya't ako ay ihiwalay Ninyo sa mga tao na Fasiqun (mga mapaghimagsik at sumusuway kay Allah)!" 26. (Si Allah) ay nagwika: "Kung gayon, ito (ang banal na lupa) ay ipinagbawal sa kanila sa loob ng apatnapung taon; sa pagkataranta sila ay magsisigala sa buong kalupaan. Kaya't huwag kayong malumbay sa mga tao na Fasiqun (mga mapaghimagsik at sumusuway kay Allah)."

27. At iyong dalitin (O Muhammad) sa kanila (mga Hudyo) sa katotohanan ang kasaysayan ng dalawang anak na lalaki ni Adan (Abel at Cain), nang ang bawat isa sa kanila ay maghandog ng alay (sakripisyo) kay Allah. Ito ay tinanggap mula sa isa ngunit hindi sa isa pa. Ang huli (Cain) ay nagsabi sa una (Abel): "Katiyakang ikaw ay aking papatayin." Ang una (Abel) ay nagsabi: "Katotohanang si Allah ay tumatanggap lamang sa Al-Muttaqun (mga matimtiman, matuwid, at mabuting tao)." 28. Kung iyong iunat ang kamay mo laban sa akin upang ako ay patayin, hindi ko kailanman iuunat ang aking kamay laban sa iyo upang ikaw ay patayin, sapagkat ako ay nangangamba kay Allah; ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang. 29. Katotohanang ako ay nagnanais na iyong hatakin ang aking kasalanan tungo sa iyong sarili gayundin ang sa iyong (kasalanan), kung magkakagayon, ikaw ay isa sa mga mananahan sa Apoy, at ito ang kabayaran ng Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, buhong, buktot, atbp.).

30. Kaya't ang Nafs (sarili) ng isa (ang huli, si Cain) ay humikayat sa kanya at kanyang ginawa na kalugod-lugod sa kanya ang pagpatay sa kanyang kapatid (Abel); at kanyang pinatay siya at naging isa sa mga talunan. 31. (At hindi naglaon), si Allah ay nagpadala ng uwak na kumakahig sa lupa upang ipakita sa kanya na itago (ilibing) niya ang patay na katawan ng kanyang kapatid. Siya (na salarin) ay nagsabi: "Kasawian sa akin! Hindi man lamang ako nagkaroon ng kakayahan na tulad ng uwak na ito upang aking itago ang patay na katawan ng aking kapatid?" At siya ay naging isa sa mga nagsisisi.

32. At dahilan dito, Aming ipinag-utos sa Angkan ng Israel, na ang sinumang nakapatay ng isang tao, maliban na lamang kung ito (ay kabayaran) sa (krimen) ng sadyang pagpatay ng tao, o sa pagkakalat ng kabuktutan sa kalupaan, – ito ay itituring na katulad ng isa na pumatay ng buong sangkatauhan, at kung sinuman ang magligtas ng isang buhay, ito ay itituring na katulad ng isa na nagligtas sa buhay ng buong sangkatauhan. At katotohanang dumatal sa kanila ang Aming mga Tagapagbalita na may maliliwanag na katibayan at mga tanda, gayunpaman, makaraan ito, marami sa kanila ang nagpatuloy na lumagpas sa hangganan (halimbawa ay pang-aapi ng walang katarungan na lagpas sa lahat ng hangganan na itinakda ni Allah sa pamamagitan ng paggawa ng malalaking kasalanan) dito sa kalupaan! 33. Ang kabayaran ng mga naghahamon ng digmaan laban kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita at gumagawa ng kalokohan (kabuktutan) sa buong kalupaan ay katulad lamang (na sila) ay mapatay o mapako sa krus, o ang kanilang mga kamay at paa ay putulin sa magkabilang panig, o ang ipatapon

sa kalupaan. Ito ang kanilang kahihiyan sa mundong ito, at ang malaking kaparusahan ay sasakanila sa Kabilang Buhay. 34· Maliban sa kanila (na tumalilis at pagkatapos) ay nagbalik (bilang mga Muslim) na may pagsisisi bago sila nahulog sa inyong kapangyarihan, sa gayong kalagayan, inyong maalaman na si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

35· O kayong nagsisisampalataya! Inyong ganapin ang inyong tungkulin kay Allah at (inyong) pangambahan Siya. Hanapin ninyo ang paraan upang mapalapit sa Kanya at magsikap kayo nang mataman tungo sa Kanyang Kapakanan hanggang sa inyong makakaya upang kayo ay maging matagumpay. 36· Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya, kung sila ay mayroon ng lahat ng naririto sa kalupaan at (kahit) ito man ay maging dalawa upang ibigay na pantubos sa kaparusahan ng Araw ng Muling Pagkabuhay, ito ay hindi kailanman tatanggapin sa kanila, at sasakanila ang masakit na kaparusahan. 37· Sila ay magnanais na makaalpas sa Apoy, datapuwa't kailanman ay hindi sila makakaalis dito, at sasakanila ang kaparusahan na hindi magmamaliw. 38· Ang magnanakaw, lalaki o babae, putulin ang kanilang kamay (kanang kamay hanggang sa galang-galangan), bilang kabayaran sa kanilang ginawa, isang kaparusahan sa pamamagitan ng halimbawa mula kay Allah. At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 39· Datapuwa't sinuman ang magtika matapos ang kanyang krimen at gumawa ng kabutihan (sa pagsunod kay Allah), kung gayon, katotohanang si Allah ay magpapatawad sa kanya (tatanggap sa kanyang pagsisisi). Katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang

Pinakamaawain. 40. Hindi baga ninyo nababatid na kay Allah (lamang) ang pag-aangkin ng kapamahalaan ng kalangitan at kalupaan! Siya ang nagpaparusa sa sinumang Kanyang maibigan, at Siya ang nagpapatawad sa sinumang Kanyang mapusuan. At si Allah ay makakagawa ng lahat ng bagay.

41. O Tagapagbalita (Muhammad)! Huwag hayaan ang nagmamadali na mahulog sa kawalan ng pananampalataya ay magbigay ng pighati sa iyo, at sa mga nagsasabi: "Kami ay sumasampalataya", sa kanilang bibig, datapuwa't ang kanilang puso ay walang pananalig. At sa mga Hudyo ay may mga tao na lubhang nakikinig nang marami at masigasig sa kasinungalingan, – na nakikinig sa mga iba na hindi pa nakalapit sa iyo. Kanilang binabago (pinapalitan) ang salita sa tamang lugar (kahulugan); sila ay nagsasabi: "Kung kayo ay binigyan nito, inyo itong kunin, subalit kung kayo ay hindi binigyan nito, kung gayon, kayo ay mag-ingat!" At sinuman ang naisin ni Allah na ilagay sa Al-Fitnah (kamalian, dahilan sa kanyang pagtatakwil sa Pananampalataya), ikaw ay walang magagawa para sa kanya laban kay Allah. Sila ang (mga tao) na ang puso ay hindi ninanais ni Allah na dalisayin (mula sa kawalan ng pananalig at pagkukunwari); sasakanila ang kahihiyan sa mundong ito at sa Kabilang Buhay ay may malaking kaparusahan.

42. (Sila ay nalulugod) sa pakikinig sa kasinungalingan upang sumila sa anumang ipinagbabawal. Kaya't kung sila ay lumapit sa iyo (O Muhammad), maaari mo silang hatulan sa pagitan nila o iyong talikuran sila. Kung sila ay iyong talikuran, hindi nila magagawa na ikaw ay (kanilang) saktan kahit na katiting. At kung ikaw ay humatol, iyong hatulan sila

ng may katarungan sa pagitan nila. Katotohanang si Allah ay nagmamahal sa mga gumagawa nang makatarungan. 43· Datapuwa't paanong nangyari na sila ay lumapit sa iyo tungo sa pagpapasya, samantalang sila ay may Torah (mga Batas), na naririto ang maliwanag na pasya ni Allah; ngunit kahit na nang makaraan ito, sila ay nagsitalikod sapagkat sila ay hindi (tunay) na sumasampalataya.

44· Katotohanang Aming ipinanaog ang Torah (ang mga Batas kay Moises), naririto ang patnubay at liwanag, na sa pamamagitan nito ang mga Propeta na nagsuko ng kanilang sarili sa Kalooban ni Allah ay humatol sa mga Hudyo. At ang mga Rabbi at mga pari (ay humatol rin sa mga Hudyo sa pamamagitan ng Torah [mga Batas] makaraan ang mga Propetang ito), sapagkat sa kanila ay ipinagkatiwala ang pangangalaga sa Aklat ni Allah, at sila ay mga saksi rito. Kaya't sila ay huwag ninyong katakutan, datapuwa't Ako ay inyong pangambahan (O mga Hudyo) at huwag ninyong ipagbili ang Aking mga Talata sa murang halaga. At kung sinuman ang hindi humatol ng ayon sa kapahayagan ni Allah, sila ang Kafirun (alalaong baga, ang mga hindi sumasampalataya, – na may mababang antas dahilan sa hindi sila gumagawa ng ayon sa Batas ni Allah). 45· At Aming ipinag-utos dito para sa kanila: "Buhay sa buhay, mata sa mata, ilong sa ilong, tainga sa tainga, ngipin sa ngipin, at mga sugat na magkatumbas sa dami." Datapuwa't kung sinuman ang magbayad ng pagganti sa paraan ng kawanggawa, ito para sa kanya ay isang pagpapawalang sala (o paghuhugas ng kasalanan). At kung sinuman ang hindi humatol ng ayon sa ipinahayag ni Allah, sila ang Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at tampalasan, – sa mababang antas). 46· At

sa kanilang yapak ay Aming isinugo si Hesus, ang anak ni Maria, na nagpapatotoo sa Torah (mga Batas) na dumatal nang una pa sa kanya, at Aming ipinagkaloob sa kanya ang Ebanghelyo, na naririto ang patnubay at liwanag at pagpapatotoo sa Torah (mga Batas) na dumatal bago pa rito (Ebanghelyo), isang patnubay at paala-ala sa Al Muttaqun (mga matimtiman, banal, matuwid, mabuting tao). 47. Hayaan ang mga tao ng Ebanghelyo ay humatol ng ayon sa ipinahayag ni Allah dito. At sinuman ang hindi humatol ng ayon sa ipinahayag ni Allah, (kung gayon) ang gayong (mga tao) ay Fasiqun (mga mapaghimagsik, palasuway kay Allah, – sa mababang antas).

48. At Aming ipinanaog sa iyo (O Muhammad) ang Aklat (Qur'an) sa katotohanan, na nagpapatotoo sa Kasulatan na dumatal nang una pa rito at Mohayminan (Karapat-dapat sa Kataasan at isang Saksi) rito (sa mga lumang Kasulatan). Kaya't iyong hatulan sila ng ayon sa ipinahayag ni Allah at huwag mong sundin ang kanilang walang saysay na pagnanais, na nagliligaw sa iyo sa katotohanan na dumatal sa iyo. Sa bawat isa sa inyo, Kami ay nagtalaga ng isang Batas at Maliwanag na Landas. Kung ninais lamang ni Allah, magagawa Niya na kayo ay maging isang bansa (pamayanan), datapuwa't nais Niya na masubukan kayo sa bagay na Kanyang ipinagkaloob sa inyo; kaya't magpunyagi kayo tulad sa isang karera, sa mababuting gawa. Ang pagbabalik ninyong lahat ay kay Allah; at ipapaalam Niya sa inyo ang tungkol sa mga bagay na nakahiratihan na ninyong hindi pinagkakasunduan.

49. At humatol ka (O Muhammad) sa pagitan nila ng ayon sa ipinahayag ni Allah at huwag mong sundin ang

kanilang walang saysay na pagnanais, at mag-ingat ka sa kanila, maaaring ikaw (O Muhammad) ay mailihis nila nang malayo sa ilan sa mga bagay na ipinanaog sa iyo ni Allah. At kung sila ay magsitalikod, iyong maalaman na ang niloloob ni Allah ay maparusahan sila sa ilan sa kanilang mga kasalanan. At katotohanan, ang karamihan sa mga tao ay Fasiqun (mga mapaghimagsik at palasuway kay Allah). 50. Sila baga ay naghahanap sa kahatulan ng (mga araw) ng Kawalang Muwang? At sino baga kaya ang higit na mainam sa paghatol tangi pa kay Allah sa mga tao na walang matatag na pananalig.

51. O kayong nagsisisampalataya! Huwag ninyong tangkilikin ang mga Hudyo at Kristiyano bilang Auliya (kaibigan, tagapangalaga, katulong, atbp.), sila ay Auliya lamang sa bawat isa sa kanilang lipon. At kung sinuman sa inyo ang kumuha sa kanila bilang Auliya, kung gayon, siya ay isa sa kanila. Katotohanang si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, buhong, buktot, walang katarungan). 52. At inyong napagmamalas, sila na sa kanilang puso ay may karamdaman (ng pagkukunwari), sila ay nagmamadali sa kanilang pakikipagkaibigan, na nagsasabi: "Kami ay nangangamba, baka ang ilang kasawian ng kapahamakan ay sumapit sa amin." Maaaring si Allah ay maghatid sa kanila ng isang tagumpay o isang pasya ayon sa Kanyang Kalooban. At sila ay magsisisi sa mga bagay na kanilang itinatago bilang lihim sa kanilang sarili. 53. At ang mga sumasampalataya ay magsasabi: "Sila ba ang mga tao (na mapagkunwari) na sumusumpa ng kanilang pinakamatibay na pangako kay Allah, na sila ay nasa panig ninyo (mga Muslim)." Ang lahat

ng kanilang ginawa ay walang saysay (dahilan sa kanilang pagkukunwari), at sila ay naging talunan.

54. O kayong nagsisisampalataya! Sinuman sa lipon ninyo ang tumalikod sa kanyang pananampalataya (Islam), si Allah ay magdadala ng mga tao na Kanyang mamahalin at magmamahal sa Kanya; na mapagkumbaba sa mga sumasampalataya, na matatag laban sa mga hindi sumasampalataya, na nakikipaglaban sa Landas ni Allah, at hindi kailanman nangangamba sa paratang ng mga nagpaparatang (naninisi). Ito ang biyaya ni Allah na Kanyang ipinagkakaloob sa sinumang Kanyang maibigan. At si Allah ay may Ganap na Kasapatan sa pangangailangan ng (Kanyang) mga nilikha, ang Puspos ng Kaalaman. 55. Katotohanan, ang inyong Wali (Tagapangalaga o Kawaksi) ay si Allah, ang Kanyang Tagapagbalita, at ang mga sumasampalataya, - ang nag-aalay ng dasal nang mahinusay (Iqamat-as-Salat), ang nagbibigay ng Zakah (katungkulang kawanggawa), at sila ay yumuyukod (nagsusuko ng kanilang sarili ng may pagsunod kay Allah sa pagdarasal). 56. At sinuman ang tumangkilik kay Allah, sa Kanyang Tagapagbalita, at sa mga sumasampalataya bilang mga Tagapangalaga, kung gayon, ang pangkat ni Allah ay magiging matagumpay.

57. O kayong nagsisisampalataya! Huwag ninyong tangkilikin bilang Auliya (tagapangalaga at kawaksi) ang mga nagtuturing sa inyong pananampalataya bilang isang panunuya at katatawanan mula sa lipon ng mga nakatanggap ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) nang una pa sa inyo, gayundin sa mga lipon ng hindi sumasampalataya; at inyong pangambahan si Allah kung

kayo ay tunay na nananampalataya. 58. At kung inyong ipinahahayag ang pagtawag sa dasal (Adhan), ito ay kanilang itinuturing (bilang isa lamang) panunuya at katuwaan; ito'y sa dahilang sila ay mga tao na hindi nakakaunawa. 59. Ipagbadya: "O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano)! Kayo ba ay pumupuna sa amin ng walang ibang dahilan, maliban lamang na kami ay sumasampalataya kay Allah, at sa (kapahayagan) na ipinanaog sa amin at sa mga ipinanaog nang una pa (sa amin), at ang karamihan sa inyo ay Fasiqun (mga mapaghimagsik at palasuway kay Allah)." 60. Ipagbadya (O Muhammad sa Angkan ng Kasulatan): "Ipapaalam ko ba sa inyo ang bagay na higit na masama kaysa rito, tungkol sa ganti mula kay Allah: ang (mga Hudyo) na nagkamit ng Sumpa ni Allah at Kanyang Poot, at sa kanila (ang ilan) ay Kanyang pinagpanibagong hugis na tulad ng mga unggoy at baboy, ang mga sumasamba sa Taghut (diyus-diyosan; sila ang higit na masama ang antas [sa Araw ng Muling Pagkabuhay] sa Apoy ng Impiyerno), at higit na napaligaw nang malayo sa Tuwid na Landas (sa buhay sa mundong ito)."

61. At nang sila ay lumapit sa inyo, sila ay nagsasabi: "Kami ay sumasampalataya." Datapuwa't sa katotohanan, sila ay pumasok (na may saloobin) ng kawalan ng pananalig at sila ay lumabas na may gayon ding damdamin. At si Allah ang nakakaalam ng lahat ng kanilang ikinukubli. 62. At inyong napagmamalas ang marami sa kanila (mga Hudyo) na nagmamadali sa kasalanan at paglabag, at kumakain ng mga bawal na bagay (tulad ng suhol at Riba [tubo sa pera o pautang], atbp.). Tunay na kasamaan ang kanilang ginagawa. 63. Bakit kaya ang mga Rabbi at mga relihiyosong

tao ay hindi pumipigil sa kanila sa pagsasalita ng mga makasalanang salita at sa pagkain ng mga ipinagbabawal na bagay. Tunay na kasamaan ang kanilang ginagawa. 64. Ang mga Hudyo ay nagsasabi: "Ang Kamay ni Allah ay nakatali (alalaong baga, Siya ay hindi nagbibigay at gumugugol ng Kanyang Kasaganaan)." Hayaan ang kanilang mga kamay ay matalian at sila ay sumpain sa kanilang mga sinabi. Hindi, ang Kanyang mga Kamay ay nakaunat nang malapad. Siya ay gumugugol (ng Kanyang Kasaganaan) sa Kanyang maibigan. Katotohanan, ang kapahayagan na dumatal sa iyo mula kay Allah ay nagparagdag sa karamihan sa kanila ng katigasan ng kanilang ulo, ng paghihimagsik at kawalan ng pananalig. Naglagay Kami ng galit at pagkamuhi sa pagitan nila hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Sa bawat sandali na kanilang pinapagliyab ang apoy ng digmaan, si Allah ang pumapawi nito; at sila (ay lalagi) nang nagsusumikap na makagawa ng kabuktutan sa kalupaan. At si Allah ay hindi nalulugod sa Mufsidun (mga mapaggawa ng kalokohan, kabuktutan, kabuhungan).

65. At kung nagsipanalig lamang ang Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) kay (Muhammad) at umiwas sa kasamaan (kasalanan, sa pagtataguri kay Allah ng mga katambal [o anak] at naging Muttaqun [mga matimtiman at matutuwid]), katotohanang Aming buburahin ang kanilang mga kasalanan at sila ay tatanggapin Namin sa Halamanan ng Kasiyahan (sa Paraiso). 66. At kung sila lamang ay gumawa ng ayon sa Torah (mga Batas), sa Ebanghelyo, at sa ipinanaog sa kanila (ngayon) mula sa kanilang Panginoon (ang Qur'an), katotohanang sila sana ay nakapagtamo ng kasaganaan at ikabubuhay mula sa itaas

nila at mula sa ilalim ng kanilang mga paa. Mayroong mga tao sa lipon nila ang nasa tamang landas (alalaong baga, sila ay gumagawa ng ayon sa kapahayagan at nananalig kay Propeta Muhammad), datapuwa't marami sa kanila ang gumagawa ng kasamaan.

67. O Tagapagbalita (Muhammad)! Ipagsaysay mo (ang Kapahayagan) na ipinanaog sa iyo mula sa iyong Panginoon. At kung (ito) ay hindi mo gawin, kung gayon, hindi mo naiparating ang Kanyang Kapahayagan. Si Allah ang mangangalaga sa iyo sa sangkatauhan. Katotohanang si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na hindi sumasampalataya.

68. Ipagbadya (O Muhammad): "O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano)! Kayo ay walang masasabing angkin (kung tungkol sa patnubay) hangga't kayo ay hindi gumagawa ng ayon sa Torah (mga Batas), sa Ebanghelyo, at sa ipinanaog (ngayon) sa inyo mula sa inyong Panginoon (ang Qur'an)." Katotohanan, ang ipinanaog sa iyo (Muhammad) mula sa iyong Panginoon ay nakapagdagdag sa karamihan sa kanila sa katigasan ng kanilang ulo sa paghihimagsik at kawalan ng pananalig. Kaya't huwag kang malumbay hinggil sa mga tao na hindi sumasampalataya. 69. Katotohanan, ang mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah, sa Kanyang Tagapagbalitang si Muhammad at sa lahat ng ipinahayag sa kanya mula kay Allah), ang mga Hudyo at mga Sabiano at mga Kristiyano, - sinumang manampalataya kay Allah at sa Huling Araw at nagsigawa ng kabutihan, sa kanila ay walang pangangamba, gayundin naman, sila ay hindi mahahapis. (Ang talatang ito ay sinusugan ng Surah 3:85, matapos ang pagdatal ni Propeta Muhammad, wala

ng ibang pananampalataya ang tatanggapin ni Allah sa sinuman maliban sa Islam).

70. Katotohanang Aming kinuha ang Kasunduan ng Angkan ng Israel at nagsugo sa kanila ng mga Tagapagbalita. Sa anumang panahon na may dumaratal sa kanila na isang Tagapagbalita na hindi nila ninanais sa kanilang sarili, - may isang pangkat sa kanila na tumatawag sa kanila na mga sinungaling, at ang iba naman sa lipon nila ay kanilang pinatay. 71. Nag-aakala sila na walang magiging Fitnah (pagsubok o kaparusahan), kaya't sila ay naging bulag at bingi; makaraan nito, si Allah ay bumaling sa kanila (ng may pagpapatawad); datapuwa't muli, marami sa kanila ang naging bulag at bingi. At si Allah ang Ganap na Nakakamasid ng kanilang ginagawa.

72. Katotohanang hindi sumasampalataya ang mga nagsasabi: "Si Allah ang Mesiyas (Hesus), ang anak ni Maria." Datapuwa't ang Mesiyas (Hesus) ay nagsabi: "O Angkan ng Israel! Sambahin ninyo si Allah, ang aking Panginoon at inyong Panginoon." Katotohanan, ang sinumang nagtataguri ng mga katambal sa pagsamba kay Allah, kung gayon, si Allah ay magkakait sa kanya ng Paraiso at ang Apoy ang kanyang magiging tirahan. At sa Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, buktot, buhong, tampalasan), sila ay walang magiging kawaksi. 73. Katotohanan, hindi sumasampalataya ang mga nagsasabi: "Si Allah ay isa sa tatlo (sa Trinidad)." Datapuwa't wala ng iba pang Diyos maliban sa Nag-iisang Diyos ([Allah], alalaong baga, wala ng iba pang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya). At kung sila ay hindi titigil sa kanilang sinasabi, katotohanan, ang isang kasakit-sakit

na kaparusahan ay sasapit sa mga hindi sumasampalataya sa kanilang lipon. 74. Hindi baga sila magbabalik loob (sa pagsisisi) kay Allah at hihingi ng Kanyang kapatawaran? Sapagkat si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 75. Ang Mesiyas (Hesus), ang anak ni Maria, ay hindi hihigit pa sa isang Tagapagbalita, marami ng mga Tagapagbalita ang pumanaw nang una pa sa kanya. Ang kanyang ina (Maria) ay isang Siddiqah (alalaong baga, siya ay naniniwala sa mga salita ni Allah at sa Kanyang mga Aklat; tunghayan ang Surah 66:12). Sila ay kapwa kumakain ng pagkain (na katulad ng iba pang tao, subalit si Allah ay hindi kumakain). Pagmasdan kung paano Namin ginawa ang Ayat (mga katibayan, aral, kapahayagan, tanda, atbp.) na maliwanag sa kanila, magkagayunman, pagmalasin kung paano sila napaligaw nang malayo (sa katotohanan). 76. Ipagbadya (O Muhammad sa sangkatauhan): "Paano ninyo sinasamba maliban pa kay Allah ang isang bagay na walang kapangyarihan na makagawa ng kapinsalaan gayundin ng kapakinabangan? Datapuwa't si Allah ang Siyang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam.

77. Ipagbadya (O Muhammad sa sangkatauhan): "O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano)! Huwag kayong magmalabis sa hangganan ng inyong pananampalataya (sa pamamagitan ng pananalig sa bagay) na naiiba sa katotohanan, at huwag ninyong sundin ang walang kapararakang pagnanais ng mga tao na napaligaw noong una, at naglihis sa marami, at nagligaw (sa kanilang sarili) sa Tamang Landas."

78. Ang mga nasa lipon ng Angkan ng Israel na hindi sumampalataya ay isinumpa sa pamamagitan ng dila ni

David, at Hesus, ang anak ni Maria. Ito'y sa dahilang sila ay sumuway (kay Allah at sa Tagapagbalita) at patuloy na lumalabag nang lagpas sa lahat ng hangganan. 79. Sila ay nahirati na hindi nagbabawal sa isa't isa sa Munkar (kamalian, kasamaan, kasalanan, pagsamba sa diyus-diyosan, kawalan ng pananalig, atbp.) na kanilang ginawa. Tunay na kabuktutan ang kanilang laging ginagawa. 80. Napagmamalas mo ang karamihan sa kanila na tumatangkilik sa mga hindi nananampalataya bilang kanilang Auliya (mga tagapangalaga at kawaksi). Tunay na kasamaan ang inihantong ng kanilang sarili sa kanilang harapan, at sa gayong (dahilan) ang Poot ni Allah ay sumapit sa kanila, at sa kaparusahan sila ay mananahan. 81. At kung sila lamang ay nanampalataya kay Allah, at sa Propeta (Muhammad) at sa anumang ipinahayag sa kanya, kailanman ay hindi nila tatangkilikin sila (na mga walang pananalig) bilang Auliya (mga tagapangalaga at kawaksi), datapuwa't marami sa kanila ang Fasiqun (mga mapaghimagsik at palasuway kay Allah).

82. Katotohanan, inyong matatagpuan sa lipon ng mga tao na may pinakamatinding pagkapoot sa mga sumasampalataya (mga Muslim) ay ang mga Hudyo at pagano, at inyong matatagpuan na ang may pinakamalapit na pagmamahal sa mga sumasampalataya (mga Muslim) ay sila na nagsasabi: "Kami ay mga Kristiyano." Ito'y sa dahilang sa karamihan nila ay may mga pari at monako, at sila ay hindi mga palalo. 83. At kung sila (na tumatawag sa kanilang sarili na mga Kristiyano) ay nakikinig sa mga ipinanaog (na kapahayagan) sa Tagapagbalita (Muhammad), mapagmamalas mo ang kanilang mga

mata na binabalungan ng luha dahilan sa katotohanan na kanilang napagkilala. Sila ay nagsasabi: "Aming Panginoon! Kami ay nananampalataya, kaya't kami ay Inyong itala sa karamihan ng mga saksi." 84. At bakit baga kami ay hindi mananampalataya kay Allah at sa anumang bagay na dumatal sa amin sa katotohanan (ang pagiging Tanging Isa ni Allah, at sa Islam)? At aming ninanais na ang aming Panginoon ay tatanggap sa amin (sa Paraiso sa Araw ng Muling Pagkabuhay) na kasama ang mga matutuwid na tao (si Propeta Muhammad at ang kanyang mga Kasamahan). 85. Kaya't sila ay ginantimpalaan ni Allah ng Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso), sila ay mananahan dito magpakailanman dahilan sa kanilang sinabi. Ito ang gantimpala sa mga gumagawa ng kabutihan. 86. Datapuwa't ang mga hindi sumampalataya at nagpabulaan sa Aming Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, mga talata, atbp.), sila ang maninirahan sa Apoy (ng Impiyerno).

87. O kayong nagsisisampalataya! Huwag ninyong ipagbawal ang Tayyibat (ang lahat ng mga bagay na mabuti hinggil sa pagkain, gawain, pananalig, mga tao, atbp.) na ginawa ni Allah na pinahihintulutan sa inyo, at huwag kayong magsilabag. Katotohanang si Allah ay hindi nalulugod sa mga lumalabag. 88. At kumain ng mga bagay na ipinagkaloob ni Allah sa inyo, na pinahihintulutan at mabuti, at pangambahan si Allah na Siya ninyong pinapanaligan. 89. Si Allah ay hindi magpaparusa sa inyo sa bagay na hindi (ninyo) sinasadya sa inyong mga panunumpa, datapuwa't Siya ay magpaparusa sa inyong sinadyang mga panunumpa; at para sa kabayaran (ng sinadyang panunumpa o pangako),

(kayo) ay magpakain ng sampung tao na mahirap, sa sukat (o dami) kung ano ang katamtaman na inyong ipinakakain sa inyong sariling pamilya; o sila ay bihisan ninyo; o bigyan ng kalayaan ang isang alipin. Datapuwa't kung sinuman ang walang kakayahan (dito), kung gayon, siya ay nararapat na mag-ayuno ng tatlong araw. Ito ang kabayaran sa mga panunumpa kung kayo ay nakapanumpa. At pangalagaan ninyo ang inyong mga sumpa (alalaong baga, huwag manumpa o mangako ng marami). Sa ganito ay ginagawa ni Allah na maging maliwanag sa inyo ang Kanyang Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, mga talata, atbp.), upang kayo ay magkaroon ng utang na loob ng pasasalamat.

90. O kayong nagsisisampalataya! Ang mga nakalalasing (lahat ng uri ng inuming may alkohol at iba pa na nakakapagbigay ng lambong sa kaisipan tulad ng ipinagbabawal na gamot, droga, damong marijuana, atbp.), ang pagsusugal, ang Al Anzab at Al Azlam (mga busog o palaso sa paghanap ng suwerte o kapasyahan) ay kasuklam-suklam na gawain ni Satanas. Kaya't (mahigpit) na talikdan (ang lahat ng gayong kasuklam-suklam na bagay) upang kayo ay maging matagumpay. 91. Si Satanas ay naghahangad lamang na pasiglahin ang pagkagalit at pagkamuhi sa pagitan ninyo sa pamamagitan ng mga bagay na nakalalasing at pagsusugal, at humahadlang sa inyo sa pag-aala-ala kay Allah at sa pagdarasal. Kaya nga, kayo ba ay hindi magsisitigil? 92. At sundin ninyo si Allah at ang Tagapagbalita (Muhammad), at maging maingat (kahit na ang mapalapit lamang sa pag-inom [ng nakalalasing] o pagsusugal o Al Anzab, o Al Azlam, atbp.) at magkaroon ng pangangamba kay Allah. At kung sila ay magsitalikod,

inyong maalaman na ang tungkulin ng Aming Tagapagbalita ay maiparating (ang Kapahayagan) sa pinakamaliwanag na paraan. 93· At sa mga sumasampalataya at nagsisigawa ng kabutihan, hindi isang kasalanan kung anuman ang kanilang kinain (noong una), kung sila ay may pangangamba kay Allah (sa pamamagitan nang paglayo sa mga bagay na Kanyang ipinagbabawal), at sumasampalataya at gumagawa ng kabutihan, at muli ay may pangangamba kay Allah at sumasampalataya, at muli pa ay may pangangamba kay Allah at nagsigawa ng kabutihan na may Ihsan (lantay na gawa). At si Allah ay nagmamahal sa mga gumagawa ng kabutihan.

94· O kayong nagsisisampalataya! Si Allah ay katiyakang magbibigay sa inyo ng pagsubok sa isang bagay (sa pamamaraan) ng laro (o tagisan o pangangaso) na tunay na maaabot ng inyong mga kamay at ng inyong mga sibat, upang masubukan ni Allah kung sino ang nangangamba sa Kanya kahit na (Siya) ay hindi (ninyo) nakikita. Kaya't kung sinuman ang lumabag makaraan ito, sasakanya ang kasakit-sakit na kaparusahan. 95· O kayong nagsisisampalataya! Huwag kayong pumatay ng mga hayop (sa pamamagitan ng pangangaso) habang kayo ay nasa kalagayan ng Ihram (kasuutan) sa Hajj o Umra (Pilgrimahe), at kung sinuman ang pumatay nito ng may pananadya, ang kabayaran ay isang pag-aalay, na dinala sa Ka'ba, ng isang maaaring kainin na hayop (tulad ng tupa, kambing, baka, atbp.) na katumbas ng kanyang napatay, na pinagpasyahan ng dalawang makatarungang lalaki sa inyong lipon; o kung (ito) ay bilang kabayaran (sa kasalanan), siya ay nararapat na magpakain ng sampung tao na mahirap o ang katumbas nito sa pag-

aayuno, upang kanyang malasap ang kabigatan (ng parusa) ng kanyang gawa. Si Allah ay nagpatawad kung anuman ang nakaraan, datapuwa't kung sinuman ang muling gumawa nito, si Allah ay kukuha ng ganti (kabayaran) mula sa kanya. At si Allah ay Sukdol sa Kapangyarihan, ang Panginoon ng Pagganti (Pagpaparusa).

96. Pinahihintulutan sa inyo (ang paghahanap o panghuhuli) ng mga hayop (o pagkaing dagat) sa tubig at ang gamit nito bilang pagkain, – para sa kapakinabangan ng inyong sarili at ng mga naglalakbay, datapuwa't ipinagbabawal (ang paghahanap o pangangaso) ng hayop sa katihan habang kayo ay nasa kalagayan ng Ihram (kasuutan ng Hajj at Umra). At (inyong) pangambahan si Allah, kayo sa Kanya ay muling titipunin. 97. Si Allah ang gumawa ng Ka'ba, ang Sagradong Tahanan, bilang isang Kalinga (o kanlungan) ng kapanatagan at ng Hajj at Umra (Pilgrimahe) para sa sangkatauhan, at gayundin ng mga Sagradong Buwan at ng mga hayop na pang-alay (pangsakripisyo) at sa mga koronang bulaklak na nagbibigay tanda sa kanila (sa tao man at sa hayop), upang inyong maalaman na si Allah ay may karunungan kung ano ang nasa kalangitan at kung ano ang nasa kalupaan, at si Allah ay Ganap na Nakakaalam ng bawat isa at lahat ng bagay. 98. Inyong maalaman na si Allah ay mahigpit sa kaparusahan at si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 99. Ang katungkulan ng Tagapagbalita (alalaong baga, ang Aming Tagapagbalitang si Muhammad na Aming isinugo sa inyo [O Sangkatauhan]), ay upang maiparating lamang (ang Kapahayagan). At si Allah ang nakakaalam ng lahat ng inyong inilalantad at lahat ng inyong inililingid.

100. Ipagbadya (O Muhammad): "Hindi magkatulad ang Al-Khabaith (ang lahat ng masama hinggil sa lahat ng mga bagay, gawa, paniniwala, tao, pagkain, atbp.) at At-Tayyib (ang lahat ng mabuti hinggil sa lahat ng mga bagay, gawa, paniniwala, tao, pagkain, atbp.), kahima't ang karamihan ng kasamaan ay makaganyak sa inyo." Kaya't lubos ninyong pangambahan si Allah (umiwas sa lahat ng uri ng kasalanan at kasamaan na Kanyang ipinagbawal) at lubos ninyong mahalin si Allah (magsagawa ng lahat ng uri ng kabutihan na Kanyang ipinag-utos), O kayong mga tao na may pang-unawa upang kayo ay magsipagtagumpay.

101. O kayong nagsisisampalataya! Huwag kayong magtanong sa mga bagay na kung gawin na maliwanag sa inyo ay magbibigay sa inyo ng kaguluhan. Datapuwa't kung kayo ay magtatanong tungkol dito habang ang Qur'an ay ipinahahayag, ito ay gagawin na maging maliwanag sa inyo. Si Allah ang nagpatawad sa mga ito, at si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamapagpaumanhin. 102. Noong una pa sa inyo, isang pamayanan ang nagtanong ng gayong mga tanong, at dahilan sa gayong pangyayari, sila ay naging hindi mananampalataya. 103. Si Allah ay hindi nagtatag ng mga bagay na katulad ng Bahira (isang babaeng kamelyo na ang [kanyang] gatas ay inilaan sa mga diyus-diyosan at walang sinuman ang pinahihintulutan na uminom nito) o ng Sa'iba (isang babaeng kamelyo na hinayaang gumagala-gala upang malayang manginain para sa kanilang mga diyus-diyosan at walang maaaring ipapasan sa kanya), o ng isang Wasila (isang babaeng kamelyo na pinawalan para sa mga diyus-diyosan sapagkat ito ay nagsilang ng isang babaeng kamelyo sa unang panganganak at muli ay nagsilang ng

babaeng kamelyo sa pangalawang panganganak), o ng isang Ham (isang palahiang kamelyo na hindi ginagamit sa paggawa para sa kanilang mga diyus-diyosan, matapos na makaganap ito ng maraming pagpapalahi na nakatalaga rito) [ang lahat ng mga ganitong hayop ay pinalaya (hinayaan) tungo sa pagbibigay parangal sa mga diyus-diyosan na isinasagawa ng mga paganong Arabo bago pa dumating ang Islam (sa kanila)]. Datapuwa't ang mga hindi sumasampalataya ay kumakatha ng mga kasinungalingan laban kay Allah, at ang karamihan sa kanila ay walang pang-unawa. 104. At nang ito ay ipinagbadya sa kanila: "Halina kayo sa mga ipinahayag ni Allah sa Kanyang Tagapagbalita (Muhammad, para sa kapasyahan sa bagay na ginawa ninyong hindi pinahihintulutan)." Sila ay nagsasabi: "Sapat na sa amin ang gayong bagay na nakita naming sinusunod ng aming mga ninuno", kahima't ang kanilang mga ninuno ay walang kaalaman at walang patnubay. 105. O kayong nagsisisampalataya! Pangalagaan ninyo ang inyong sarili (gumawa ng kabutihan, pangambahan si Allah [umiwas sa lahat ng uri ng kasalanan at kasamaan na Kanyang ipinagbawal]) at lubos ninyong mahalin si Allah (gumawa ng lahat ng uri ng kabutihan na Kanyang ipinag-utos). Kung kayo ay susunod sa tamang patnubay at magsasagawa kung ano ang tama (pagsamba sa Kaisahan ni Allah at pagtalima sa pag-uutos ng Islam) at magbabawal kung ano ang mali (pagsamba sa diyus-diyosan, kawalan ng pananalig at pagsunod sa mga ipinagbabawal sa Islam), walang anumang kapinsalaan ang daratal sa inyo mula sa kanila na nasa kamalian. Ang pagbabalik ninyong lahat ay kay Allah,

at sa inyo ay ipapaalam Niya ang hinggil sa lahat ninyong ginawa.

106. O kayong nagsisisampalataya! Kung ang kamatayan ay dumatal sa isa sa inyo at kayo ay gumawa ng habiling yaman (pamana), kung gayon, kayo ay kumuha ng pagpapatibay ng dalawang matuwid na lalaki mula sa inyong angkan, o ng dalawang iba mula sa labas kung kayo ay naglalakbay sa kalupaan at ang sakuna ng kamatayan ay sumapit sa inyo. Sila ay kapwa pigilan matapos ang pagdarasal, (at pagkaraan) kung kayo ay may pag-aalinlangan (sa kanilang katapatan), hayaan sila na kapwa manumpa kay Allah (na nagsasabi): "Kami ay hindi naghahangad ng anumang makamundong pakinabang dito, kahima't siya (ang pinamanahan) ay aming malapit na kamag-anak. Hindi namin ililingid ang pahayag ni Allah, sapagkat kung magkagayon, kami ay mapapabilang sa mga makasalanan." 107. At kung (sakaling) ang dalawang ito ay mapag-alaman na napatunayang may pagkakasala, hayaan ang dalawang iba pa ay tumindig sa halip nila, ang pinakamalapit na kamag-anak mula sa lipon ng mga may legal na karapatan. Hayaan silang manumpa kay Allah (na nagsasabi): "Kami ay nagpapatibay na ang aming pahayag ay higit na matapat sa kanilang dalawa, at kami ay hindi nagsilabag (sa katotohanan), sapagkat katiyakang (kung magkakagayon) kami ay magiging tampalasan." 108. Ito ay marapat na maging malapit (sa katotohanan), na ang kanilang pagsaksi ay nasa tunay nitong kalagayan at anyo (at samakatuwid ay tinanggap), kung hindi, sila ay mangangamba na ang mga panunumpa (pagsaksi) ng (iba) ay tatanggapin matapos ang kanilang panunumpa. At pangambahan si Allah at makinig (ng may pagtalima sa

Kanya). At si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na Fasiqun (mga mapaghimagsik at palasuway).

109. Sa Araw na titipunin ni Allah ang mga Tagapagbalita nang sama-sama at ipagsasaysay sa kanila: "Ano ang tugon na inyong tinanggap (mula sa mga tao tungkol sa inyong ipinangaral)?" Sila ay magsasabi: "Kami ay walang kaalaman, katotohanang Kayo ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ng mga bagay na nakalingid (o hindi nakikita, atbp.). 110. (At alalahanin) kung si Allah ay magwiwika (sa Araw ng Muling Pagkabuhay): "O Hesus, na anak ni Maria! Iyong alalahanin ang Aking kagandahang loob sa iyo at sa iyong ina nang ikaw ay Aking patatagin (sa pamamagitan) ng Ruh-ul-Qudus (Gabriel) upang ikaw ay makapangusap sa mga tao mula sa iyong duyan at sa iyong paglaki (hustong gulang). Pagmasdan! Ikaw ay Aking tinuruan ng pagsulat, ng Al Hikmah (ang kapangyarihan ng pang-unawa), ng Torah (mga Batas) at ng Ebanghelyo; at nang iyong gawin mula sa malagkit na putik, sa katulad na anyo, ang hugis ng isang ibon, sa Aking kapahintulutan, at hiningahan mo ito, at ito ay naging ibon sa Aking kapahintulutan, at iyong pinagaling ang mga bulag, at ang mga ketongin sa Aking kapahintulutan; at nang Aking pigilan ang Angkan ng Israel tungo sa iyo (nang sila ay magkaisa na ikaw ay patayin), sapagkat ikaw ay dumatal sa kanila na may maliliwanag na katibayan, at ang mga hindi sumasampalataya sa lipon nila ay nagsabi: "Ito ay wala ng iba kundi isang malinaw na salamangka."

111. At nang Aking (Allah) ilagay sa puso ng mga Disipulo (ni Hesus) na manampalataya sa Akin at sa Aking Tagapagbalita, sila ay nagsabi: "Kami ay sumasampalataya.

At (kayo) ay maging saksi na kami ay mga Muslim.” 112. (Gunitain) nang ang mga Disipulo ay nagsabi” “O Hesus na anak ni Maria! Maaari bang ang iyong Panginoon ay magpapanaog sa amin ng isang Mantel (na may pagkain) mula sa langit?” Si Hesus ay nagbadya: “Pangambahan ninyo si Allah kung kayo ay tunay na sumasampalataya.” 113. Sila ay nagsabi: “Kami ay nagnanais na kumain dito (sa Mantel na may pagkain) upang maging matatag ang aming Pananalig, at upang aming maalaman na katiyakang ikaw ay nagsabi sa amin ng katotohanan at kami sa aming sarili ay maging mga saksi.” 114. Si Hesus, ang anak ni Maria ay nagsabi: “O Allah, aming Panginoon! Ipadala Ninyo sa amin mula sa langit ang isang Mantel (na may pagkain) upang sa amin ay magkaroon, – para sa una at huli sa amin, – ng isang pagdiriwang at isang Tanda mula sa Inyo; at Inyong pagkalooban kami ng ikabubuhay, sapagkat Kayo ang Pinakamainam sa mga Tagapagtustos.” 115. Si Allah ay nagwika: “Ako ay magpapanaog nito sa inyo, datapuwa’t kung sinuman sa inyo makaraan ito, ang bumalik sa kawalan ng pananalig, kung gayon, siya ay Aking parurusahan ng isang kaparusahan na hindi Ko pa nagawa sa sinuman sa lahat ng mga nilalang.”

116. At (gunitain) kung si Allah ay magwiwika (sa Araw ng Muling Pagkabuhay): “O Hesus na anak ni Maria! Iyo bang ipinahayag sa mga tao: “Inyong sambahin ako at ang aking ina bilang dalawang diyos bukod pa kay Allah?” Siya (Hesus) ay magsasabi: “Luwalhatiin Kayo! Hindi isang katampatan sa akin ang magsabi ng isang bagay na wala akong karapatan (na magsabi). Kung aking binigkas ang gayong bagay, katotohanang ito ay Inyong mababatid. Talos Ninyo kung

ano ang nasa aking kalooban datapuwa't hindi ko nalalaman ang nasa Inyong (Kalooban), katotohanang Kayo at Kayo lamang ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ng nakatago at nakalingid." 117. Kailanman ay hindi ako nangusap sa kanila, maliban lamang kung ano ang Inyong ipinag-utos sa akin na sabihin: "Sambahin ninyo si Allah, ang aking Panginoon at inyong Panginoon," at ako ay isang saksi sa kanila habang ako ay naninirahan sa kanilang lipon, datapuwa't nang ako ay Inyong kaunin, kayo ang Tagamasid sa kanila, at Kayo ang Saksi sa lahat ng bagay. (Ito ay isang dakilang paala-ala at isang babala sa mga Kristiyano sa buong mundo). 118. Kung sila ay Inyong parusahan, sila ay Inyong mga alipin, at kung sila ay Inyong patawarin, katotohanang Kayo at Kayo lamang ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Ganap na Maalam.

119. Si Allah ay magwiwika: "Ito ang Araw na ang mga matatapat ay makikinabang sa kanilang katapatan; sasakanila ang Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso) – sila ay mananahan dito magpakailanman. Si Allah ay nalulugod sa kanila at sila ay gayundin sa Kanya. Ito ang dakilang tagumpay (Paraiso). 120. Si Allah ang nag-aangkin ng kapamahalaan ng kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito, at Siya ay may Kakayahan na makagawa ng lahat ng bagay.

Ang Hayupan o Bakahan

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ang lahat ng pagpupuri at pasasalamat ay kay Allah, Siya (ang Tanging Isa) na lumikha ng mga kalangitan at kalupaan, at nagpasimula ng kadiliman at liwanag, datapuwa't ang mga hindi sumasampalataya ay nagturing sa iba pa bilang kapantay ng kanilang Panginoon. 2. Siya ang lumikha sa inyo mula sa malagkit na putik, at pagkatapos ay nagtakda ng isang natataningang panahon (para sa inyong kamatayan). At mayroon ding nasasa-Kanya na isang natataningang panahon (para sa inyong muling pagkabuhay), datapuwa't kayo ay nag-aalinlangan (sa Muling Pagkabuhay). 3. At Siya si Allah, (ang tanging dapat na sambahin lamang) dito sa mga kalangitan at kalupaan, talastas Niya kung ano ang inyong inililingid at inyong inilalantad, at batid Niya kung ano ang inyong kinita (sa mabuti man o masama). 4. At hindi kailanman ang isang Ayah (tanda) ay dumatal sa kanila mula sa Ayat (mga katibayan, talata, tanda, kapahayagan, atbp.) ng kanilang Panginoon, na hindi nila ito tinalikuran. 5. Katotohanang sila ay nagtakwil sa katotohanan (kay Muhammad, alalaong baga, isang katungkulan na manalig sa kanyang pagka-Propeta) nang (siya) ay dumatal sa kanila, datapuwa't mapag-aalaman nila ang katotohanan ng kanilang mga tinutuya at pinagtatawanan. 6. Hindi baga nila napagmasdan kung gaano karaming henerasyon na

una pa sa kanila ang Aming winasak? Mga henerasyon na Aming itinindig sa kalupaan, (na may katatagan) na hindi Namin iginawad sa inyo. Sa kanila ay Aming pinamalisbis ang saganang ulan mula sa alapaap, at nagbigay sa kanila ng batis na umaagos sa kanilang (mga paa). Datapuwa't sila ay Aming winasak dahilan sa kanilang mga kasalanan, at (Kami) ay lumikha pagkaraan nila ng ibang mga henerasyon.

7. At kahit na ipanaog Namin sa iyo (O Muhammad) ang isang Pahayag (Mensahe) na nasusulat sa papel upang ito ay mahipo ng kanilang mga kamay, ang mga hindi sumasampalataya ay tiyak na magsasabi: "Ito ay wala ng iba maliban sa isang salamangka!" 8. At sila ay nagsasabi: "Bakit kaya ang isang anghel ay hindi ipinadala sa kanya?" At kung Kami ay nagsugo ng anghel, ang pangyayari (o kalalagayan) ay mapagpapasyahan ngayon din, at walang palugit ang igagawad sa kanila. 9. At kung Kami ay nagtalaga sa kanya ng isang anghel, katotohanang siya (ang anghel) ay lilikhain Namin bilang isang tao, at katiyakang Kami ay magbibigay sa kanila ng pagkalito sa mga bagay na kanilang tinakpan ng kaguluhan (alalaong baga, ang Mensahe ni Propeta Muhammad). 10. At katotohanan, (marami) ng mga Tagapagbalita ang tinuya at pinagtawanan nang una pa sa iyo, datapuwa't ang kanilang manunudyo ay napapaligiran ng pinakatampok na bagay na kanilang pinagtatawanan. 11. Ipagbadya (O Muhammad): "Magsipaglakbay kayo sa kalupaan at inyong malasin kung ano ang kinahinatnan ng mga nagsipagtakwil ng Katotohanan."

12. Ipagbadya (O Muhammad): "Sino baga kaya ang nag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at kalupaan?" Ipagbadya: "Si Allah. Kanyang itinalaga sa Kanyang Sarili

(ang batas) ng Habag. Katotohanang kayo ay titipunin Niya nang sama-sama sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at tungkol dito, ito ay walang anumang alinlangan. Sila lamang na nagpatalo (nagwasak) ng kanilang kaluluwa ang hindi mananampalataya (kay Allah, bilang tanging Ilah [Diyos], at kay Muhammad bilang isa sa Kanyang mga Tagapagbalita, at sa Muling Pagkabuhay, atbp.). 13. At Siya ang nag-aangkin ng anumang nananatili sa gabi at araw, at Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Puspos ng Karunungan. 14. Ipagbadya (O Muhammad): "Akin bagang tatangkilikin bilang isang Wali (panginoon, tagapangalaga, bagay ng pagsamba) ang iba pa maliban kay Allah, ang Lumikha ng mga kalangitan at kalupaan? At Siya ang nagbibigay ng ikabubuhay na pagkain, datapuwa't Siya ay hindi nangangailangan upang pakainin." Ipagbadya: "Katotohanang ako ay pinag-utusan na manguna sa mga nagsusuko ng kanilang sarili kay Allah (bilang mga Muslim)." At ikaw (O Muhammad), ay huwag mapabilang sa lipon ng Mushrikun (mga mapagsamba sa maraming diyus-diyosan, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, atbp.). 15. Ipagbadya: "Ako ay nangangamba kung aking susuwayin ang aking Panginoon, at sa kaparusahan ng Dakilang Araw." 16. Sa Araw na ito, kung ang kaparusahan ay pigilin sa sinuman, ito ay dahilan sa Habag ni Allah, at ito ay isang Dakilang Tagumpay.

17. At kung si Allah ay magkaloob sa inyo ng kapinsalaan, walang sinuman ang makapag-aalis nito maliban sa Kanya, at kung naisin Niya na gawaran kayo ng mabuti, kung gayon, Siya ay makakagawa ng lahat ng bagay. 18. At Siya ay hindi Matututulan, ang higit na Mataas sa Kanyang mga alipin, at Siya ay Puspos ng Karunungan, ang Ganap na Nakakaalam

sa lahat ng bagay. 19. Ipagbadya (O Muhammad): "Anong bagay ang higit na may halaga sa katibayan?" Ipagbadya: "Si Allah (ang Pinakadakila!) ay Saksi sa pagitan natin (kayo at ako); ang Qur'an na ito ay ipinahayag sa akin upang kayo ay aking mabigyan ng babala at sa kaninuman na daratnan nito. Kayo ba ay katotohanang magbibigay patotoo, na maliban pa kay Allah ay wala ng iba pang Aliha (mga diyos)? Ipagbadya: "Hindi! Ako ay hindi makapagpapatotoo!" Ipagbadya: "Datapuwa't sa katotohanan, Siya (Allah) ay tanging nag-iisang Ilah (Diyos). At katotohanang ako ay walang kaalaman sa anumang itinatambal ninyo sa pagsamba sa Kanya."

20. Sila na Aming pinagkalooban ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano), ay nakakakilala sa kanya (alalaong baga, kay Muhammad bilang isang Tagapagbalita ni Allah, at batid din nila na wala ng iba pang Diyos maliban kay Allah, at ang Islam ang pananampalataya ni Allah), na kagaya ng pagkakilala nila sa kanilang mga anak. Ang mga nagwawasak sa kanilang sarili ay hindi mananampalataya. 21. At sino pa kaya ang higit na gumagawa ng kamalian maliban sa kanya na kumakatha ng kasinungalingan laban kay Allah o nagtatakwil ng Kanyang Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, talata, atbp.). Katotohanan, ang Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian) ay hindi kailanman magtatagumpay. 22. At sa Araw na sila ay Aming titipunin nang sama-sama, Aming ipagsasaysay sa kanila na nag-aakibat ng mga katambal sa pagsamba (sa Amin): "Nasaan ang inyong mga katambal (huwad na mga diyus-diyosan) na inyong ipinaggigiitan (bilang mga katambal sa pagsamba kay Allah)?" 23. Dito

ay wala (nang malalabing) Fitnah (mga kadahilanan o pangungusap o pagtatalo) sa kanila kung hindi ang sabihin: “Sa (Ngalan) ni Allah, ang aming Panginoon, hindi kami ang nagtatambal ng iba pa sa pagsamba kay Allah.” 24. Pagmalasin! Kung paano sila nagsinungaling laban sa kanilang sarili! Datapuwa’t (ang kabulaanan) na kanilang kinatha ay maglalaho sa kanila.

25. At sa lipon nila ay may nakikinig sa iyo; datapuwa’t Kami ay naglagay ng lambong sa kanilang puso, upang sila ay hindi makaunawa, at ng pagkabingi sa kanilang mga tainga; at kung kanila (mang) makikita ang bawat isa sa Ayat (mga talata, kapahayagan, aral, katibayan, atbp.), sila ay hindi mananampalataya rito; hanggang sa puntong kung sila ay lumapit sa iyo upang makipagtalo, ang mga hindi sumasampalataya ay magsasabi: “Ito ay wala ng iba kundi mga kuwento lamang ng mga tao noong panahong sinauna.” 26. At kanilang hinahadlangan ang mga iba (palapit) sa kanya (kay Propeta Muhammad, upang siya ay kanilang sundin), at sila rin ay naglalayo ng kanilang sarili sa kanya, datapuwa’t winawasak lamang nila ang kanilang sarili, at ito ay hindi nila napag-aakala. 27. At kung inyo lamang mapagmamalas kung sila ay patitindigin na sa Apoy (ng Impiyerno), sila ay magsasabi: “Mangyari sana na kami ay muling ibalik (sa mundo)! At hindi na namin itatakwil ang Ayat (mga talata, aral, kapahayagan, katibayan, atbp.) ng Aming Panginoon, at kami ay magiging mga mananampalataya!” 28. Hindi, nalantad na sa kanila kung ano ang kanilang ikinukubli noon. Datapuwa’t kung sila ay ibabalik muli (sa mundo), katiyakang sila ay babalik na muli

sa mga bagay na ipinagbabawal sa kanila. At katotohanang sila ay mga sinungaling.

29. At sila ay nagsabi: "Wala ng iba (pang buhay) maliban sa aming (pangkasalukuyang) buhay sa mundong ito, at kailanman, kami ay hindi muling ibabangon (sa Araw ng Muling Pagkabuhay)." 30. At kung inyo lamang mamamasdan kung sila ay patitindigin na sa harapan ng kanilang Panginoon!, Siya (Allah) ay magwiwika: "Hindi baga ito ang Katotohanan (ang Muling Pagkabuhay at ang Pagsusulit)?" Sila ay magsasabi: "Tunay nga, aming Panginoon!" Siya (Allah) ay muling magwiwika: "Kaya't lasapin ninyo (ngayon) ang kaparusahan dahilan sa kayo ay hindi nanampalataya."

31. Katotohanan, talunan sila na nagtatakwil sa kanilang pakikipagniig kay Allah, hanggang sa di kaginsa-ginsa, ang Oras (mga tanda ng kamatayan) ay sumapit na sa kanila, at sila ay magsasabi: "Ah! Kasawian sa amin na kami ay nagpabaya"; sapagkat kanilang dadalhin ang pasanin sa kanilang likod, at tunay na kasamaan ang mga pasanin na kanilang dadalhin? 32. At ang buhay sa mundong ito ay wala ng iba kundi isang paglalaro lamang at paglilibang. Datapuwa't higit na mainam ang Tahanan sa Kabilang Buhay para sa mga matutuwid. Hindi baga kayo makakaunawa?

33. Tunay Naming batid ang dalamhati na idinudulot ng kanilang mga salita sa iyo (O Muhammad); hindi ikaw ang kanilang itinatakwil, ngunit ang mga Talata (ng Qur'an) ni Allah ang itinatakwil ng Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian). 34. Katotohanang (marami) na sa mga Tagapagbalita ang itinakwil nang una pa sa iyo (O Muhammad), datapuwa't sa pamamagitan ng

pagtitiyaga, sila ay nagbata sa (kanilang) pagtatakwil, at sila ay nasaktan, hanggang ang Aming Tulong ay sumapit sa kanila, at walang sinuman ang makakapagpabago sa mga Salita (mga Pasya) ni Allah. Katotohanang dumatal na sa iyo ang kaalaman (balita) hinggil sa mga Tagapagbalita (na nauna pa sa iyo). 35· Kung ang kanilang pag-ayaw (sa iyo, O Muhammad at sa bagay na ipinarating sa iyo) ay mahirap para sa iyo, (at ikaw ay hindi matimtiman sa kanilang pananakit sa iyo), kung (magkagayon), kung ikaw ay makatagpo ng isang guwang sa lupa o isang hagdan (papataas) sa alapaap, upang ikaw ay makapagdala sa kanila ng isang Tanda (at ito ay hindi mo magagawa, kaya't maging matiyaga; at ano ang magiging kabutihan nito sa kanila?). Kung ninais lamang ni Allah, magagawa Niyang tipunin sila nang sama-sama tungo sa isang tunay na patnubay, kaya't huwag (kang) maging isa sa Al-Jahilun (mga mangmang at inutil). 36· Sila lamang na nakikinig (sa Mensahe ni Propeta Muhammad), ang tatalima rito (makakapagkamit ng kapakinabangan); datapuwa't sa mga patay (walang pananalig), si Allah ang magpapabangon sa kanila, at sa Kanya, sila ay magbabalik (tungo sa kanilang kabayaran).

37· At sila ay nagsabi: "Bakit kaya ang isang Tanda ay hindi ipinanaog sa kanya mula sa kanyang Panginoon?" Ipagbadya: "Walang pagsala na si Allah ay makakapagpanaog ng isang Tanda, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay walang kaalaman." 38· Walang isa mang gumagalaw (o nabubuhay) na nilalang sa kalupaan, gayundin ang isang ibon na lumilipad sa kanyang dalawang pakpak, na hindi mga pamayanan na katulad ninyo. Wala Kaming nakaligtaan sa Aklat, at sa kanilang Panginoon, silang (lahat) ay titipunin. 39· Sila

na nagtatakwil sa Aming Ayat (mga talata, kapahayagan, aral, katibayan, atbp.) ay mga bingi at pipi sa kadiliman. Si Allah ang nagsusugo sa pagkaligaw sa sinumang Kanyang maibigan at Siya ang namamatnubay sa Tuwid na Landas sa sinumang Kanyang naisin.

40. Ipagbadya (O Muhammad): "Sabihin ninyo sa akin, kung ang kaparusahan ni Allah ay sumapit sa inyo, o ang Oras ay dumatal sa inyo, kayo ba ay maninikluhod sa iba pa maliban kay Allah? (Magsitugon kayo) kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan!" 41. Hindi! Sa Kanya lamang kayo manawagan, at kung Kanyang kagustuhan ay Kanyang papawiin (ang gayong kapighatian) na siyang dahilan ng inyong paninikluhod sa Kanya, at inyong malilimutan sa sandaling yaon ang anumang mga katambal na inyong iniaakibat sa Kanya (sa pagsamba)!

42. Katotohanang Kami ay nagpadala (ng mga Tagapagbalita) sa maraming pamayanan (bansa) nang una pa sa iyo (O Muhammad). At sila ay Aming sinakmal ng matinding kahirapan (o pagkawala ng kanilang kayamanan) at paglala ng kanilang kalusugan na kasama ang mga kapinsalaan upang sila ay magsisampalataya ng may kapakumbabaan. 43. At nang ang Aming kaparusahan ay sumapit na sa kanila, bakit hindi sila nanampalataya ng may kababaang loob? Datapuwa't ang kanilang puso ay naging matigas, at ginawang nakakaganyak ni Satanas sa kanila ang kanilang mga ginagawa. 44. Kaya't nang kanilang nalimutan (ang babala) kung saan sila ay pinaalalahanan, Aming binuksan para sa kanila ang mga tarangkahan ng bawat (nakakalugod) na bagay, hanggang sa gitna ng kanilang pagsasaya sa bagay na ipinagkaloob sa kanila, walang anu-

ano'y Aming inihantong sila sa kaparusahan, at pagmasdan! Sila ay nabulid sa pagkawasak ng may matinding pagsisisi at kapighatian. 45· Kaya't ang mga ugat ng mga tao na gumawa ng kamalian ay naputol. At ang lahat ng mga pagpupuri at pasasalamat ay kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang.

46· Ipagbadya (sa mga hindi sumasampalataya): "Sabihin ninyo sa akin, kung kunin ni Allah ang inyong pandinig at inyong paningin, at takpan Niya ang inyong puso, sino pa ba kaya rito, - ang ilah (isang diyos) maliban pa kay Allah, ang makakapagpanumbalik ng mga ito para sa inyo?" Tingnan kung paano Namin sa maraming paraan ipinapaliwanag ang Ayat (mga kapahayagan, aral, katibayan, tanda, atbp.), datapuwa't sila ay nagsitalikod pa rin. 47· Ipagbadya: "Sabihin ninyo sa akin, kung ang kaparusahan ni Allah ay dumatal sa inyo nang walang abog-abog (sa panahon ng gabi), o ng lantad (sa panahon ng maghapon), mayroon pa ba kayang mawawasak maliban sa Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian)? 48· At hindi Namin isinugo ang mga Tagapagbalita maliban na sila ay tagapagbigay ng magandang balita at bilang tagapagbabala. Kaya't sinuman ang manampalataya at gumawa ng kabutihan, sa kanya ay walang sasapit na pangamba, gayundin sila ay hindi malulumbay. 49· Datapuwa't sila na nagtatakwil ng Aming Ayat (mga kapahayagan, aral, katibayan, tanda, atbp.), ang kaparusahan ay dadapo sa kanila dahilan sa kanilang kawalan ng pananampalataya (at sa kanilang pagpapabulaan sa mensahe ni Muhammad). 50· Ipagbadya (O Muhammad): "Ako ay hindi nagsasabi sa inyo na nasa akin ang mga kayamanan ni Allah, gayundin

na aking talastas ang mga bagay na nakalingid; at gayundin, ako ay hindi nagsasabi sa inyo na ako ay isang anghel. Sinusunod ko lamang kung ano ang ipinahayag sa akin sa pamamagitan ng inspirasyon." Ipagbadya: "Sila ba na mga bulag ay katulad nila na nakakakita? Hindi baga kayo magkakaroon ng pagdidili-dili?"

51. At bigyang babala na kalakip (ang Qur'an) yaong mga nangangamba na sila ay titipunin sa harapan ng kanilang Panginoon, kung saan doon ay walang magiging tagapangalaga o tagapamagitan para sa kanila maliban sa Kanya, upang sa gayon ay kanilang pangambahan si Allah at panatilihin ang kanilang tungkulin sa Kanya (sa pamamagitan nang pag-iwas sa paggawa ng mga kasalanan at sa paggawa ng lahat ng mabubuti at matutuwid na bagay na Kanyang ipinag-utos). 52. At huwag ninyong itaboy ang mga naninikluhod sa kanilang Panginoon, sa umaga at hapon na naghahanap ng Kanyang Mukha. Kayo ay walang pananagutan sa kanila sa anuman, at sila ay walang pananagutan sa inyo sa anuman, upang sila ay inyong itaboy, at kung magkagayon, (kayo) ay magiging (isa) sa Zalimun (mga walang katarungan). 53. Kaya't Aming sinubukan ang ilan sa kanila na kasama pa ang iba, upang sila ay makapagsabi: "Sila ba ang (mga dukhang sumasampalataya) na higit na biniyayaan ni Allah sa aming lipon? Hindi baga talastas na mabuti ni Allah kung sino ang mga may damdamin ng pasasalamat?"

54. At kung ang mga sumasampalataya sa Aming Ayat (mga kapahayagan, aral, katibayan, tanda, atbp.) ay lumapit sa iyo, ipagbadya: "Salamun alaikum (ang kapayapaan ay sumainyo); ang inyong Panginoon ay sumulat ng Habag mula

sa Kanyang Sarili, upang kung sinuman sa inyo ang gumawa ng kasamaan dahil sa kawalang kaalaman, at pagkatapos ay nagtika at gumawa ng matutuwid at mabubuting bagay (sa pagsunod kay Allah), kung gayon, katotohanang Siya ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain." 55· At sa ganito Namin ipinapaliwanag ang Ayat (mga kapahayagan, aral, katibayan, tanda, atbp.) sa masusing paraan, upang ang landas ng Mujrimun (mga kriminal, mapagsamba sa diyus-diyosan, buktot, buhong, atbp.) ay maging maliwanag.

56· Ipagbadya (O Muhammad): "Ako ay pinagbawalan na sambahin yaong mga pinapanalanginan ninyo (sa pagsamba) maliban pa kay Allah." Ipagbadya: "Hindi ko susundin ang inyong walang kabuluhang pagnanasa. Kung ito ay aking gawin, ako ay mapapaligaw (ng landas) at ako ay hindi magiging isa sa mga matuwid na napapatnubayan." 57· Ipagbadya (O Muhammad): "Ako ay nasa maliwanag na Katibayan mula sa aking Panginoon (Kaisahan ng Diyos sa Islam), datapuwa't inyong ikinaila (ang katotohanan na dumatal sa akin mula kay Allah). Hindi ko nakamtan ang inyong hinihingi na inyong kinaiinipan (ang kaparusahan). Ang pasya ay tanging na kay Allah lamang, Siya ang nagpapahayag ng Katotohanan, at Siya ang Pinakamainam sa lahat ng mga hukom." 58· Ipagbadya: "Kung nasa akin lamang ang inyong hinihingi na (inyong) kinaiinipan (ang kaparusahan), ang (gayong) bagay sana ay noon pa madaling napagpasyahan sa pagitan natin, datapuwa't si Allah ang tunay na nakakaalam kung sino ang Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian, atbp.). 59· At Siya ang nag-aangkin ng mga susi ng Ghaib (lahat ng bagay na nakalingid), walang sinuman ang

nakakaalam ng mga ito maliban sa Kanya. At talastas Niya kung anuman ang nasa kalangitan at nasa karagatan; wala ni isa mang dahon ang malalaglag nang hindi Niya batid. Wala ni isa mang butil sa kadiliman ng kalupaan, gayundin ang anumang bagay na sariwa o tuyo, na hindi nakatala sa isang Maliwanag na Talaan.

60. Siya ang kumukuha ng inyong kaluluwa sa gabi (kung kayo ay natutulog), at may lahat ng kaalaman sa lahat ng inyong ginawa sa maghapon, at Kanyang ibinabangon (ginigising) kayong muli upang ang isang natataningang panahon (ang haba ng inyong buhay) ay matupad, at sa katapusan, sa Kanya ang inyong pagbabalik. At Kanyang ipapaalam sa inyo kung ano ang inyong ginawa. 61. Siya ay hindi Mapapasubalian, na Nakakapangyari sa Kanyang mga alipin, at Siya ay nagsusugo ng mga tagapangalaga (mga anghel na nagbabantay at nagtatala ng bawat isa sa ating mabubuti at masasamang gawa) para sa inyo, hanggang kung ang kamatayan ay dumatal sa isa sa inyo, ang Aming mga mensahero (ang anghel ng kamatayan at kanyang kawaksi) ay kukuha ng kanyang kaluluwa, at sila ay hindi nakakalimot sa kanilang tungkulin. 62. (At pagkaraan) sila ay ibabalik kay Allah, ang kanilang Maula (ang Tunay na Panginoon [Diyos], ang Makatarungang Panginoon [upang sila ay gantimpalaan]). Katotohanang nasa Kanya ang pagpapasya at Siya ay Maagap sa Pagsusulit.

63. Ipagbadya (O Muhammad): "Sino ang nagliligtas sa inyo mula sa kadiliman (mga kapahamakan sa mga daluyong) ng kalupaan at ng karagatan, nang manikluhod kayo sa Kanya sa kababaang loob at sa lihim (na nagsasabi): Kung Siya (Allah) ay magliligtas lamang sa atin sa ganitong

(kapahamakan), kami ay tunay na magkakaroon ng pagtanaw ng utang na loob." 64. Ipagbadya (O Muhammad): "Si Allah ang nagliligtas sa inyo sa ganito at gayundin sa (iba pang) kapahamakan, datapuwa't kayo ay sumasamba pa rin sa mga iba maliban pa kay Allah." 65. Ipagbadya: "Siya (Allah) ay may kapangyarihan na magparating ng kaparusahan sa inyo mula sa itaas o sa ilalim ng inyong mga paa, o lambungan kayo ng kalituhan sa alitan ng (inyong) pangkat, at gawin (Niya) na inyong malasap ang karahasan sa isa't isa. Pagmasdan, kung paano Namin ipinapaliwanag sa maraming paraan ang Ayat (mga kapahayagan, aral, katibayan, tanda, atbp.), upang sila ay makaunawa. 66. Datapuwa't ang iyong pamayanan (O Muhammad) ay nagtakwil dito (sa Qur'an) bagama't ito ang Katotohanan. Ipagbadya: "Ako ay walang pananagutan sa inyong mga ginagawa." 67. Sa bawat balita ay mayroong katotohanan, alalaong baga, sa bawat bagay ay mayroong natataningang panahon (at sinasabi rin na sa bawat gawa ay mayroong kabayaran), at (ito) ay inyong mapag-aalaman.

68. At kung ikaw (O Muhammad) ay nakakamasid sa kanila na abala sa bulaang pakikipag-usap hinggil sa Aming mga Talata (ang Qur'an), sa pamamagitan ng pagtuya sa mga ito, manatiling malayo sa kanila hanggang sa sila ay magbago ng kanilang pinag-uusapan. At kung ginawa ni Satanas na kayo ay makalimot, kung gayon, huwag kayong makiupo (makihalubilo) sa kanila sa lipon ng mga tao na Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian, atbp.) matapos na kayo ay makaala-ala (sa gayong maling bagay). 69. Ang mga masunurin kay Allah at umiiwas sa kasamaan ay walang pananagutan sa kanila

(na mga hindi sumasampalataya) sa anumang paraan, datapuwa't (ang kanilang tungkulin) ay paalalahanan sila, na kanilang iwasan ang gayong (panunuya sa Qur'an). [Ang pag-uutos ng ganitong Talata ay sinusugan (pinalitan) ng Talatang 4:140]. 70. At hayaan ninyong nag-iisa siya na nagtuturing sa kanyang pananampalataya bilang isang laro at paglilibang, at nalinlang ng buhay sa mundong ito. Datapuwa't (sila) ay paalalahanan nito (ang Qur'an); baka ang tao ay masadlak sa pagkawasak sa bagay na kanyang kinita, kung kanyang mamasdan sa kanyang sarili na siya ay walang tagapangalaga o tagapamagitan maliban pa kay Allah, at kahit na siya ay mag-alok ng lahat ng kabayaran, ito ay hindi tatanggapin mula sa kanya. Sila ang mga (tao) na isinadlak sa pagkawasak dahilan sa kanilang kinita (mga ginawa). Sasakanila ang inumin ng kumukulong tubig at isang kasakit-sakit na kaparusahan dahilan sa kanilang kawalan ng pananampalataya.

71. Ipagbadya (O Muhammad): "Atin bagang paninikluhuran ang mga iba (mga huwad na diyus-diyosan) maliban pa kay Allah, (sila) na hindi makakapagbigay sa atin ng anumang mabuti o pinsala, at tayo ba ay magtatalikod ng ating sakong matapos na Siya ay mamatnubay sa atin (sa tunay na paniniwala sa Tangi at Nag-iisang Diyos)? – na katulad niya na isinadlak ng mga diyablo na mapaligaw, na nalilito (at nagpapalibot-libot) sa kalupaan, ang kanyang kasamahan ay tumatawag sa kanya tungo sa patnubay (na nagsasabi): "Pumarito ka sa amin." Ipagbadya: "Katotohanan, ang patnubay ni Allah ang tangi lamang patnubay, at kami ay pinag-utusan na magsuko (ng aming sarili) sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang; 72. At mag-alay ng panalangin nang

mahinusay (Iqamat-as-Salat), at maging masunurin kay Allah at pangambahan Siya, at sa Kanya kayong lahat ay titipunin." 73. Siya (Allah) ang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan sa katotohanan, at sa Araw (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay), Siya ay magwiwika: "Mangyari nga, at ito ay magaganap." Ang Kanyang Salita ay Katotohanan. Ang Kanyang naisin ang makakapangyari sa Araw na ang Tambuli ay hihipan. (Siya) ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ng mga nakalingid at nakalantad, Siya ang Pinakamaalam, ang Puspos ng Karunungan (sa lahat ng bagay). 74. (At alalahanin) nang sabihin ni Abraham sa kanyang amang si Azar: "Inyo bagang tinatangkilik ang mga imahen bilang diyos? Katotohanang aking nakikita na kayo at ang inyong pamayanan ay nasa maliwanag na kamalian."

75. Sa ganito Namin ipinamalas kay Abraham ang kaharian ng mga kalangitan at kalupaan upang siya ay mabilang sa isa sa mga may tiyak na Pananalig. 76. Nang ang kadiliman ng gabi ay lumambong sa kanya, siya ay nakamalas ng isang bituin. Siya ay nagsabi: "Ito ang aking Panginoon." Datapuwa't nang ito ay lumubog, siya ay nagturing: "Hindi ko naiibigan yaong lumulubog." 77. Nang mapagmasdan niya ang buwan na sumisikat, siya ay nagsabi: "Ito ang aking Panginoon." Datapuwa't nang ito ay lumubog, siya ay nagturing: "Malibang ako ay patnubayan ng aking Panginoon, katiyakang ako ay mapapabilang sa lipon ng mga tao na naliligaw sa kamalian." 78. Nang mapagmalas niya ang araw na sumisikat, siya ay nagsabi: "Ito ang aking Panginoon. Ito ay higit na dakila." Datapuwa't nang ito ay lumubog, siya ay nagturing: "O aking pamayanan! Katotohanang ako ay malaya sa lahat ng

mga iniaakibat ninyo na katambal sa pagsamba kay Allah." 79. Katotohanang aking ibinaling ang aking mukha tungo sa Kanya na lumikha ng mga kalangitan at kalupaan, at ako ay hindi kabilang doon sa mga sumasamba sa iba maliban pa kay Allah. 80. Ang kanyang pamayanan ay nakipagtalo sa kanya. Siya ay nagsabi: "Kayo ba ay nakikipagtalo sa akin hinggil kay Allah samantalang ako ay pinatnubayan Niya, at hindi ko pinangangambahan ang mga itinatambal ninyo sa pagsamba kay Allah. (Walang anumang mangyayari sa akin) maliban kung ang aking Panginoon (Allah) ay magpahintulot ng isang bagay. Ang aking Panginoon ay nakakatalastas sa Kanyang karunungan ng lahat ng bagay. Hindi baga kayo makakaala-ala? 81. At bakit ko pangangambahan ang (mga bagay) na itinatambal ninyo sa pagsamba kay Allah (bagama't sila ay hindi makakapagbigay ng kapakinabangan o kasahulan), datapuwa't hindi ninyo kinatatakutan na kayo ay nagtatambal sa pagsamba kay Allah sa mga bagay na Siya ay hindi nagpapanaog sa inyo ng kapamahalaan. (Kaya't) sino sa dalawang pangkat ang may higit na karapatan sa kapanatagan, kung inyo lamang nalalaman." 82. Sila na nananampalataya (sa Kaisahan ni Allah at wala nang sinasamba na iba pa maliban sa Kanya) at hindi inihahalo ang kalituhan sa kanilang paniniwala ng may kamalian (alalaong baga, ang pagsamba sa iba pa maliban kay Allah), sa kanila (lamang) ang kapanatagan at sila ay napapatnubayan. 83. At ito ang Aming Katibayan na Aming ibinigay kay Abraham laban sa kanyang pamayanan. Aming itinataas ang antas ng sinuman na Aming maibigan. Katotohanan, ang inyong Panginoon ang Ganap na Maalam, ang Tigib ng Karunungan. 84. At iginawad Namin

sa kanya si Isaac at Hakob, at ang bawat isa sa kanila ay Aming pinatnubayan, at noong una pa sa kanya, Aming pinatnubayan si Noe, at ang kanyang mga supling na sina David, Solomon, Job, Hosep, Moises at Aaron. Sa ganito Namin ginagantimpalaan ang mga mapaggawa ng kabutihan.

85. At si Zakarias, at si Juan at Hesus at Elias, ang bawat isa sa kanila ay nasa lipon ng mga matutuwid. 86. At Ismael at Elisha, at Jonas at Lut, at ang bawat isa sa kanila ay Aming kinasihan ng higit sa lahat ng mga nilalang (ng kanilang kapanahunan). 87. At gayundin ang ilan sa kanilang mga ama at kanilang supling at kanilang mga kapatid, sila ay Aming hinirang at sila ay Aming pinatnubayan sa tuwid na landas. 88. Ito ang Patnubay ni Allah, Kanyang ginagabayan ang sinumang Kanyang mapusuan sa Kanyang mga alipin. Datapuwa't kung sila ay nagtambal ng iba pa sa pagsamba kay Allah, ang lahat ng kanilang mga ginawa ay walang maibibigay na kapakinabangan sa kanila. 89. Sila ang Aming pinagkalooban ng Aklat, Al Hukm (pang-unawa sa batas ng pananampalataya), at ng Pagka-propeta. Datapuwa't kung sila ay hindi nananalig dito (sa Aklat, sa Al Hukm, at sa Pagka-propeta), kung gayon, katiyakang Aming ipinagkatiwala ito sa isang Pamayanan (na katulad ng mga kasamahan ni Propeta Muhammad) na hindi nagtatakwil nito. 90. Sila ang hinirang ni Allah na mapatnubayan. Kaya't sundin ninyo ang kanilang patnubay. Ipagbadya: "Walang anumang sukli ang aking hinihingi sa inyo rito (sa Qur'an). Ito ay isa lamang Paala-ala sa lahat ng mga nilalang." 91. Sila (na mga Hudyo, paganong Quraish, mga mapagsamba sa diyus-diyosan) ay hindi nagpalagay (nagturing) kay Allah ng isang

pagpapalagay (pagtuturing) na nararapat sa Kanya nang sila ay mangusap: "Si Allah ay hindi nagpapanaog ng anuman sa isang tao (sa pamamagitan ng inspirasyon)." Ipagbadya (O Muhammad): "Sino kung gayon ang nagpapanaog ng Aklat na dinala ni Moises, isang ilaw at patnubay sa sangkatauhan, na inyong (mga Hudyo) ginawa sa (magkakahiwalay) na mga pahina ng papel, na naglalantad (sa ilan nito) at naglilingid (sa karamihan nito). At kayo (na walang pananampalataya kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita na si Muhammad) ay tinuruan (sa pamamagitan ng Qur'an), na kahit kayo, gayundin ang inyong mga ninuno ay hindi nakakaalam." Ipahayag: "Si Allah (ang nagpapanaog nito)." At hayaan sila na maglaro sa kanilang walang saysay na pag-uusapan.

92. At ito (ang Qur'an) ay isang maluwalhating Aklat na Aming ipinanaog, na nagpapatotoo (sa kapahayagan) na dumatal nang una pa rito, upang inyong mabigyang babala ang ina ng mga bayan (alalaong baga, ang Makkah), at lahat ng nakapalibot dito. Ang mga sumasampalataya sa Kabilang Buhay ay nananalig dito (sa Qur'an), at sila ay nananatili sa pangangalaga ng kanilang pagdarasal. 93. At sino pa kaya ang higit na walang katarungan maliban sa kanya na kumakatha ng mga kabulaanan laban kay Allah, o nagsasabi (ng): "Ako ay tumanggap ng inspirasyon", datapuwa't siya ay hindi pinagpahayagan ng anuman; at siya na nagsasabi: "Aking ipapahayag ang katulad ng ipinahayag ni Allah." At kung inyo lamang mamamasdan kung ang Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, buktot, mapaggawa ng kamalian, atbp.) ay nasa kasakit-sakit na daing ng kamatayan, habang ang mga anghel ay humahatak sa kanilang mga kamay (na nagsasabi): "Ibigay na ninyo

ang inyong kaluluwa; sa araw na ito, kayo ay babayaran ng kaparusahan ng pagkaaba dahilan sa inyong sinasambit hinggil kay Allah na taliwas sa katotohanan. At kayo ay nahirati sa pagtatakwil sa Kanyang Ayat (mga katibayan, aral, kapahayagan, tanda, atbp.) ng walang paggalang.

94. At katotohanan, kayong lahat ay nanggaling sa Amin na nag-iisa (na walang kayamanan, mga kasama o anupamang bagay), nang kayo ay Aming likhain sa pasimula. Iniwan ninyong lahat ang mga bagay na Aming ipinagkaloob sa inyo. Hindi Namin namalas sa inyo ang inyong mga tagapamagitan na inyong inaangkin na mga katambal ni Allah. Ngayon, ang lahat ng relasyon sa pagitan ninyo ay pinutol na, at ang lahat ng inyong ipinangangalandakan ay naglaho sa inyo. 95. Katotohanan! Si Allah ang nagpapapangyari na ang butil at buto ng bungangkahoy (tulad ng palmera [datiles]) ay mabiyak at mag-usbong. Pinapangyari Niya ang buhay na magmula sa patay, at Siya ang nagpapapangyari na magmula sa patay ang pagkabuhay. Siya si Allah, kung gayon, paano kayong napaligaw sa katotohanan?

96. Siya (Allah) ang nagpapabiyak ng pagsikat ng araw (mula sa kadiliman). Itinadhana Niya ang gabi sa pamamahinga at kapanatagan, at ng araw at buwan sa pagbibilang (o paggunita ng panahon). Ito ang (Kanyang) paraan ng pagsukat (pagbilang at pagtatalaga), ang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Ganap na Maalam. 97. Siya (Allah) ang nagtalaga sa inyo ng mga bituin, upang inyong mapatnubayan ang inyong landas sa pamamagitan ng kanilang tulong (sa inyo) sa gitna ng kadiliman sa kalupaan at karagatan. Katiyakan, Aming ipinaliwanag

sa masusing paraan ang Aming Ayat (mga katibayan, aral, kapahayagan, tanda, atbp.) sa mga tao na may kaalaman. 98. Siya (Allah) ang lumikha sa inyo mula sa isang tao (Adan), at nagkaloob sa inyo ng lugar na pananahanan (sa kalupaan o sa sinapupunan ng ina), at ng lugar na inyong kahihimpilan (sa kalupaan [sa inyong libingan] o sa himaymay ng inyong ama). Katotohanan, Aming ipinaliwanag sa masusing paraan ang Aming kapahayagan (ang Qur'an) sa mga tao na may pang-unawa.

99. Siya (Allah) ang nagpapanaog sa inyo ng ulan mula sa alapaap, at dito (sa kalupaan) ay Aming pinasibol ang lahat ng uri ng mga halaman, at mula rito ay Aming pinalabas ang mga luntiang pasyok (stalks), na mula (rin) dito ay Aming pinalitaw ang makapal at kumpol-kumpol na mga butil. At mula sa palmera (datiles) at sa kanyang talulot ay lumabas ang mga kumpol ng bunga (datiles) na mababang nakabitin at abot kamay, at mga halamanan ng ubas, oliba at granada (pomegrenates), ang bawat isa ay magkatulad (sa uri), datapuwa't magkaiba (sa karamihan at lasa). Pagmalasin ang kanilang mga bunga nang sila ay nagsimula nang mamunga, at ang kanilang pagkahinog. Katotohanan, nasa mga bagay na ito ang mga Tanda sa mga tao na may pananampalataya. 100. Datapuwa't sila ay nag-akibat sa mga Jinn bilang mga katambal sa pagsamba kay Allah, bagama't Siya ang lumikha sa kanila (mga Jinn), at sila ay nagtaguri sa kabulaanan na rito sila ay walang kaalaman, ng mga anak na lalaki at mga anak na babae sa Kanya (Allah). Luwalhatiin Siya! Siya ay higit na mataas (sa lahat) ng kanilang itinatambal sa Kanya. 101. Siya ang Pinagmulan ng mga kalangitan at kalupaan. Paano Siya magkakaroon

ng anak gayong Siya ay walang asawa? Siya ang lumikha ng lahat ng bagay at Siya ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ng bagay. 102. Siya si Allah, ang inyong Panginoon! La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), ang Manlilikha ng lahat ng bagay. Kaya't tanging sambahin Siya, at Siya ang Wakil (ang Tagapamahala, ang Tagapagpatupad ng lahat ng mga pangyayari, ang Tagapagbantay, atbp.) sa lahat ng bagay. 103. Walang anumang paningin ang makakatingin sa Kanya, datapuwa't ang Kanyang Paningin ay nakakapangyari sa lahat ng paningin. Siya ang Pinakamabanayad at Mapitagan, ang Puspos ng Kaalaman sa lahat ng bagay. 104. Katotohanan, ang mga Katibayan ay dumatal sa inyo mula sa inyong Panginoon, kaya't sinuman ang makamalas at magsagawa nito (ay para sa kapakanan) ng kanyang sarili, at sinuman ang maghatid ng pagkabulag sa kanyang sarili ay nagsasagawa nito sa kanyang sariling kapahamakan, at ako (Muhammad) ay hindi tagapagbantay sa inyo. 105. Kaya't sa ganito Namin ipinapaliwanag ang mga Talata sa masusing paraan upang sila (na hindi sumasampalataya) ay mangusap: "Kayo ay nagsipag-aral (ng mga Aklat ng Angkan ng Kasulatan at inyong kinuha mula rito ang Qur'an)", at upang magawa Namin ang mga bagay-bagay na maging maliwanag sa mga tao na may karunungan.

106. Sundin mo kung ano ang ipinahayag sa iyo (O Muhammad) mula sa iyong Panginoon. La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), at lumayo kayo sa kanila na nagtatambal ng iba pa sa pagsamba kay Allah. 107. Kung ninais lamang ni Allah, hindi nila magagawa na mag-akibat

pa ng iba sa pagsamba maliban pa kay Allah. At ikaw ay hindi Namin ginawa na kanilang tagapagbantay, gayundin, ikaw ay hindi itinalaga sa kanila upang pamahalaan ang kanilang ginagawa. 108. At huwag ninyong insultuhin yaong sinasamba (ng mga hindi nananampalataya) maliban pa kay Allah, baka (ang mangyari) ay kanilang insultuhin si Allah sa kamalian dahilan sa kawalan nila ng kaalaman. Kaya't ginawa Naming kalugod-lugod sa bawat tao ang kanyang sariling gawain; at sa kanilang Panginoon ang kanilang pagbabalik at Siya ang magpapahayag sa kanilang lahat ng kanilang ginawa. 109. At sila ay nanunumpa ng kanilang pinakamatibay na pangako kay Allah, na kapag may dumating sa kanila na isang Tanda, katiyakang dito sila ay sasampalataya. Ipagbadya: "Ang mga Tanda ay natatangi lamang kay Allah, at ano ang magagawa ninyo (mga Muslim) upang matalastas ito (kahit) na nga ito (tanda) ay dumatal, sila ay hindi (rin) mananampalataya?"

110. At Aming ibabaling ang kanilang puso at kanilang mga mata nang malayo (sa patnubay), dahilan sa kanilang pagtanggi na manalig dito noon pa mang una, at sila ay Aming hahayaan sa kanilang paglabag upang gumala-gala na tila bulag. 111. At kahit na Kami ay magpapanaog sa kanila ng mga anghel, at ang patay ay mangusap sa kanila, at Aming tipunin nang sama-sama ang lahat ng bagay sa harapan ng kanilang paningin, sila ay hindi magsisipaniwala maliban na pahintulutan ni Allah, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay nag-asal ng walang kamuwangan. 112. Kaya't Kami ay nagtalaga sa bawat isang Propeta ng isang kaaway, – mga demonyo sa lipon ng sangkatauhan at mga Jinn, na nagtatagubilin sa bawat isa ng mabubulaklak na pananalita

bilang isang pagliligaw (o isang paraan ng panlilinlang). Kung ninais lamang ng inyong Panginoon, sila ay hindi gagawa ng mga gayon, kaya't sila ay hayaan ninyo sa kanilang mga kabulaanan. 113. (At ito ay upang mangyari) na ang puso ng mga hindi sumasampalataya sa Kabilang Buhay ay mahilig sa gayong (pandaraya), at upang sila ay manatili na nalulugod dito, at upang sila ay masadlak sa bagay na kanilang ginagawa (tulad ng lahat ng uri ng kasalanan at masamang nasa, atbp.). 114. Ipagbadya (O Muhammad): "Ako baga ay maghahanap ng isang hukom maliban pa kay Allah, samantalang Siya ang nagpapanaog sa inyo ng Aklat (ang Qur'an), na ipinaliwanag sa masusing paraan." Sila na pinagkalooban Namin ng Kasulatan (Torah [mga Batas] at Ebanghelyo), ay nakakaalam na ito ay ipinahayag mula sa inyong Panginoon sa katotohanan. Kaya't huwag kayong mapabilang sa kanila na nag-aalinlangan.

115. At ang Salita ng inyong Panginoon ay natupad sa katotohanan at sa katarungan. Walang sinuman ang makakapagpabago ng Kanyang mga Salita. At Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam. 116. At kung kayo ay susunod sa karamihan sa kanila na nasa kalupaan, kanilang ililigaw kayo nang malayo sa Landas ni Allah. Wala silang sinusunod kundi mga haka-haka lamang at wala silang ginagawa kundi kasinungalingan. 117. Katotohanan, ang inyong Panginoon! Siya ang tunay na nakakatalos na mainam kung sino ang napapaligaw sa Kanyang Landas, at batid Niyang mainam kung sino ang tumpak na napapatnubayan. 118. Kaya't inyong kainin ang (karne o laman ng hayop) na ang Ngalan ni Allah ay inusal (habang kinakatay ang hayop) kung kayo ay sumasampalataya sa

Kanyang Ayat (mga katibayan, aral, tanda, kapahayagan, atbp.).

119. At bakit hindi ninyo kakainin ang gayong (karne), na ang Ngalan ni Allah ay inusal (sa sandali nang pagkatay sa hayop), samantalang ipinaliwanag Niya sa inyo sa masusing paraan kung ano ang ipinagbabawal sa inyo, maliban na lamang sa mga hindi maiiwasang (pangyayari) dahilan sa (matinding) pangangailangan? At katotohanan, marami ang umaakay (sa sangkatauhan) na maligaw sa pamamagitan ng kanilang sariling pagnanasa dahilan sa kawalan ng karunungan. Katiyakang talastas ng inyong Panginoon ang (mga tao) na pinakamagaling sa paglabag. 120. Iwan ninyo (O sangkatauhan, ang lahat ng uri) ng kasalanan, lantad man o lihim. Katotohanan, ang gumagawa ng kasalanan ay makakatanggap ng nararapat na kabayaran sa kanilang mga ginawa. 121. Huwag ninyong kainin (O mga sumasampalataya) ang (karne) na hindi inusal ang Ngalan ni Allah (sa sandali nang pagkatay sa hayop), katiyakang ito ay Fisq (isang kasalanan at pagsuway kay Allah). At katiyakan ang mga diyablo ay nang-uulot sa kanilang mga kaibigan (mula sa sangkatauhan) na makipagtalo sa inyo, at kung sila ay inyong sundin (na gawing pinahihintulutan ang Almaytata [patay na karne] na kainin ito), kung gayon, katiyakang kayo ay Mushrikun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, sapagkat ang mga diyablo at ang kanilang mga kaibigan ay ginawang pinahihintulutan sa inyo ang bagay na ipinagbabawal ni Allah na kainin, at sa pagsunod sa kanila, ito ay isang pagsamba sa kanila). 122. Siya kaya na patay (walang Pananalig dahilan sa walang kamuwangan at kawalan ng paniniwala), na ginawaran Namin ng buhay

(kaalaman sa pananampalataya), upang siya ay makalakad sa lipon ng mga tao, ay katulad niya na nasa kadiliman (nasa kawalan ng pananalig, pagsamba sa diyus-diyosan at pagkukunwari), na rito siya ay hindi makakalabas? Kaya't ginawa na maging kalugod-lugod sa mga hindi sumasampalataya ang mga bagay na kanilang ginagawa.

123. At Aming itinalaga sa bawat bayan ang pinakamagaling sa kanilang mga tao sa kabuktutan upang magbalak (ng kasamaan) dito. Datapuwa't sila ay walang binalak, maliban na ito ay laban sa kanilang sarili, at ito ay hindi nila napag-aakala. 124. At nang may dumatal sa kanila na isang Tanda (mula kay Allah), sila ay nagsabi: "Kami ay hindi sasampalataya hangga't hindi namin natatanggap ang katulad nang tinanggap ng mga Tagapagbalita ni Allah." Si Allah ang higit na nakakaalam kung kanino Niya ibibigay ang Kanyang Mensahe. Kaabaan at kawalang kahihiyan mula kay Allah at isang matinding kaparusahan ang lalagom sa mga kriminal (mapagsamba sa diyus-diyosan at makasalanan, atbp.), dahilan sa ginawa nilang pagbabalak (pakana). 125. At sinuman ang naisin ni Allah na patnubayan, Kanyang binubuksan ang kanyang dibdib sa Islam, at kung sinuman ang Kanyang naisin na mapaligaw, ginagawa Niya ang kanyang dibdib ay nakapinid at nakaikom, na wari bang siya ay pumapanhik sa alapaap. Kaya't sa ganito inilalagay ni Allah ang Kanyang pagkapoot sa kanila na hindi nananampalataya.

126. At ito ang Landas ng inyong Panginoon (ang Qur'an at Islam) na humahantong sa katuwiran. Aming (ipinahayag) sa masusing paraan ang Aming mga kapahayagan sa mga tao na dumirinig (sa utos). 127. Sasakanila ang Tahanan

ng Kapayapaan (Paraiso) na kasama ang kanilang Panginoon. At Siya ang kanilang magiging Wali (Kawaksi at Tagapangalaga), dahilan sa kanilang ginawa. 128. Sa Araw na (silang lahat) ay Kanyang titipunin nang sama-sama (at magwiwika): "O kayong lipon ng mga Jinn! Marami sa sangkatauhan ang inyong nilinlang," at ang kanilang Auliya (kaibigan at katulong, atbp.) sa lipon ng mga tao ay magsasabi: "Aming Panginoon, kami ay nakinabang sa bawat isa, subalit ngayon ay sinapit na namin ang natatakdaang panahon na Inyong itinalaga sa amin." Siya (Allah) ay magwiwika: "Ang Apoy ang inyong magiging tahanan, mananahan kayo rito magpakailanman, maliban (na lamang) kung ano ang naisin ni Allah. Katiyakan, ang inyong Panginoon ay Pinakamaalam, ang Puspos ng Karunungan."

129. Sa gayon Namin ginawa ang Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian) bilang Auliya (tagapagtaguyod at kapanalig) ng bawat isa (sa kanila sa paggawa ng krimen, atbp.), dahilan sa kanilang mga ginawa. 130. O kayong lipon ng mga Jinn, at Sangkatauhan! "Hindi baga dumatal sa inyo ang mga Tagapagbalita sa gitna ninyo, na dumadalit sa inyo ng Aking mga Talata at nagbababala sa inyo ng pakikipagtipan sa Araw na ito na inyong (araw)?" Sila ay mangungusap: "Kami ay nagpapatotoo laban sa aming sarili." Ang buhay sa mundong ito ang luminlang sa kanila. At sila ang magpapatotoo laban sa kanilang sarili na sila ay hindi mga nananampalataya. 131. Ito'y sa dahilang ang inyong Panginoon ay hindi magwawasak ng (pamayanan) ng mga bayan dahilan sa kanilang mga maling

gawa (alalaong baga, pagtatambal ng iba pa sa pagsamba kay Allah), hangga't ang kanilang pamayanan ay walang kaalaman (kaya nga't ang mga Tagapagbalita ay isinugo). 132. At para sa lahat ay mayroong antas (o ranggo) na naaayon sa kanilang ginawa. At ang inyong Panginoon ang nakakaalam ng kanilang ginagawa.

133. At ang inyong Panginoon ay Masagana (hindi nangangailangan ng anupaman), ang Tigib ng Habag; kung Kanyang naisin, kayo ay Kanyang mawawasak, at sa halip ninyo ay makakagawa Siya ng papalit sa inyo kung Kanyang nanaisin, dahilan sa kayo ay itinindig Niya mula sa binhi ng ibang mga tao. 134. Katotohanan, ang ipinangako sa inyo ay katiyakang magaganap, at kayo ay hindi makakatakas (sa kaparusahan ni Allah). 135. Ipagbadya (O Muhammad): "O aking pamayanan! Magsigawa kayo ng ayon sa inyong paraan, katiyakang ako rin ay gumagawa (sa aking paraan), at inyong mapag-aalaman kung sino sa atin ang magiging (maligaya) sa katapusan sa Kabilang Buhay. Katiyakan, ang Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kabuktutan) ay hindi magtatagumpay. 136. At mula sa mga bagay na masaganang nilikha ni Allah sa lupang sakahan at sa mga bakahan, ay nagtalaga sila sa Kanya ng kahati (sa pagsamba), at sila ay nagsabi: "Ito ay para kay Allah ayon sa kanilang pagkukunwari at ito ay para sa aming (mga tinatawag) na mga katambal (ni Allah)." Datapuwa't ang kahati na kanilang (tinatawag) na mga katambal (ni Allah) ay hindi nakakarating kay Allah, datapuwa't yaong kahati ni Allah ay nakakaabot sa kanilang (tinatawag) na mga katambal ni Allah! Kasamaan ang kanilang paraan ng paghatol!

137. Kahit na nga, sa paningin ng karamihan sa Mushrikun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano, atbp.), ang kanilang (tinatawag) na mga katambal (ni Allah) ay ginawa na maging kalugod-lugod sa kanila ang pagpatay sa kanilang mga anak, upang sila ay humantong sa kanilang sariling pagkawasak at magbigay ng kalituhan sa kanilang pananampalataya. At kung ninais lamang ni Allah, ito ay hindi sana nila magagawa. Kaya't sila ay iwanan ninyo na nag-iisa sa kanilang kabulaanan. 138. At ayon sa kanilang pagkukunwari, sila ay nagsasabi na ang gayo't gayong bakahan at pananim ay ipinagbabawal, at walang sinuman ang marapat na kumain ng mga ito maliban lamang sa aming pinahihintulutan. At (sila ay nagsasabi) na may mga bakahan na ipinagbabawal na gamitin para sa paghila (ng mga dala-dalahan) o anumang ibang gawain, at bakahan na (nang kinakatay ang mga ito), ang Ngalan ni Allah ay hindi inusal; na nagsisinungaling nang laban sa Kanya (Allah). Sila ay Kanyang babayaran sa kanilang gawa ng kabulaanan.

139. At sila ay nagsasabi: "Kung ano ang nasa sinapupunan (tiyan) ng gayon at gayong bakahan (gatas o bakang nabuo sa sinapupunan), ito ay para sa aming kalalakihan lamang, at ipinagbabawal sa aming kababaihan (bata at matanda), datapuwa't kung ito ay patay nang ipanganak, kung gayon, ang lahat ay may kabahagi rito." Siya (Allah) ay magpaparusa sa kanila, dahilan sa kanilang pag-aakibat (ng gayong maling pag-uutos kay Allah). Katotohanang Siya ang Kapaham-pahaman, ang Tigib ng Karunungan. 140. Katotohanang sila ay mga talunan (o naliligaw), na pumatay ng kanilang mga anak, dahilan sa kahangalan, na walang kaalaman, at nagbawal sa mga bagay na ipinagkaloob

sa kanila ni Allah, at kumakatha ng kasinungalingan laban kay Allah. Katotohanang sila ay humantong sa pagkaligaw at hindi napapatnubayan. 141. At Siya (Allah) ang nagpayabong ng mga halaman na (gumagapang) sa balag at maging sa mga hindi (gumagapang), at ng mga punong palmera (datiles), at mga pananim na may iba't ibang hugis at lasa (sa kanyang bunga at buto), at oliba, at mga granada (pomegrenates), na magkatulad (sa uri) at magkaiba (sa lasa). Kumain kayo ng kanilang bunga kung sila ay mamunga, datapuwa't magbayad kayo ng nararapat dito (ang Zakah nito, alalaong baga, ang nauukol na kawanggawa ayon sa pag-uutos ni Allah, 1/10 o 1/20 nito) sa araw ng pag-aani. Datapuwa't huwag maging mapag-aksaya (maluho). Katotohanang Siya ay hindi nalulugod sa mga maluluho.

142. At sa mga bakahan (ay may iba) na ginagamit sa paghila at (ang iba) ay maliliit (na hindi makakahila ng mga dalahin). Kumain kayo sa mga bagay na ipinagkaloob ni Allah sa inyo, at huwag ninyong sundan ang mga bakas ni Satanas. Katotohanang siya sa inyo ay isang lantad na kaaway. 143. (Kumuha kayo) ng walo (sa apat na pares) ng tupa, dalawang (lalaki at babae), at ng kambing, dalawang (lalaki at babae). Ipagbadya: "Kanya (Allah) bagang ipinagbawal ang dalawang lalaki o ang dalawang babae, o (ang bulo) na kinukupkop sa mga sinapupunan ng dalawang babae? Sabihin ninyo sa akin ng may kaalaman kung kayo ay matatapat." '

144. At sa kamelyo, ay dalawa (lalaki at babae), at ng kinapong baka ay dalawa (lalaki at babae). Ipagbadya: "Kanya (Allah) bagang ipinagbawal ang dalawang lalaki o ang dalawang babae o (ang bulo) na kinukupkop sa mga sinapupunan ng

dalawang babae? O kayo baga ay nandoroon nang si Allah ay mag-utos sa inyo ng gayong bagay? Kung gayon, sino kaya ang higit na gumagawa ng kamalian maliban sa kanya na kumakatha ng kabulaanan laban kay Allah, upang akayin ang mga tao na maligaw ng walang kaalaman. Katiyakang si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano, mapaggawa ng kamalian, atbp.). 145. Ipagbadya (O Muhammad): "Hindi ako nakakita sa mga bagay na ipinahayag sa akin ng anumang ipinagbabawal na kainin, sa mga nagnanais na kumain nito, maliban na lamang kung ito ay Maita (patay na hayop), o dugong umagos (sa pagkakatay o katumbas nito), o laman (karne) ng baboy, sapagkat katiyakang ito ay hindi dalisay, o walang kabanalan; (hindi nararapat) ang laman (ng hayop) na kinatay bilang sakripisyo (alay) sa mga iba (pang diyus-diyosan) maliban pa kay Allah, (o yaong mga kinatay para sa mga imahen, atbp., o yaong [mga kinatay] na ang Ngalan ni Allah ay hindi inusal [binanggit] dito sa sandali ng pagkatay). Datapuwa't kung sinuman ang napilitan dahilan sa matinding pangangailangan na walang kusang pagsuway at hindi nagmamalabis sa hangganan ng paglabag, (sa kanya) ay katiyakang ang iyong Panginoon ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain." 146. At sa kanila na mga Hudyo (na sumusunod sa Batas), Aming ipinagbawal ang bawat (hayop) na walang hati ang mga kuko, at ipinagbawal Namin sa kanila ang taba (mantika) ng kinapong baka at ng tupa, maliban sa nakakapit sa kanilang likod o sa kanilang lamang loob, o ang nakahalo sa buto. Sa ganito Namin binayaran sila sa kanilang paghihimagsik (sa paggawa ng mga krimen katulad ng pagpatay sa mga

Propeta, pagpapatubo [ng pera], atbp.). At tunay na Kami ay Makatotohanan (Matapat).

147. At kung sila (na mga Hudyo) ay magpabulaan sa iyo (O Muhammad), iyong ipagbadya: "Ang inyong Panginoon ang Nagmamay-ari ng Malawak na Habag, at hindi kailanman ang Kanyang poot ay magbabawa sa mga tao na Mujrimun (mga kriminal, pagano, makasalanan, buktot, tampalasan, atbp.). 148. Sila na nag-aakibat ng mga katambal (sa pagsamba) kay Allah ay nagsasabi: "Kung ninais lamang ni Allah, kami sana ay hindi mag-aakibat ng mga katambal (sa pagsamba) sa Kanya, gayundin ang aming mga ninuno, at kami ay hindi magbabawal ng anumang bagay (na laban sa Kanyang Kalooban)." Sa gayon din nagpasinungaling ang mga nangauna sa kanila, (sila ay nakipagtalo ng walang katotohanan sa mga Tagapagbalita ni Allah), hanggang sa kanilang matikman ang Aming Poot. Ipagbadya: "Mayroon baga kayong kaalaman (katibayan) na inyong maipamamalas sa Aming harapan? Katotohanang wala kayong sinusunod kundi mga sapantaha at wala kayong ginagawa kundi kasinungalingan (lamang).

149. Ipagbadya: "Na kay Allah ang lantay na Katibayan at pangangatwiran, (alalaong baga, ang Kaisahan ni Allah, ang pagsusugo ng Kanyang mga Tagapagbalita at Kanyang mga Banal na Aklat, atbp. sa sangkatauhan); kung Kanyang ninais lamang, katotohanang kayo ay mapapatnubayan Niyang lahat." 150. Ipagbadya: "Itanghal ninyo sa harapan ang inyong mga saksi na makakapagpatotoo na ito ay ipinagbawal ni Allah. At kung sila ay magpatotoo, huwag kang sumaksi (O Muhammad) sa kanila. At hindi marapat na ikaw ay sumunod sa walang kabuluhan nilang pagnanasa

na nagtuturing sa Aming Ayat (mga katibayan, aral, kapahayagan, tanda, atbp.) bilang kabulaanan, at sila na hindi nananalig sa Kabilang Buhay, at tinatangkilik nila ang iba pa bilang kapantay (sa pagsamba) sa kanilang Panginoon."
151. Ipagbadya (O Muhammad): "Magsiparito kayo, aking dadalitin (sa inyo) kung ano ang hindi ipinahihintulot ni Allah sa inyo; huwag kayong magtambal ng anupaman sa pagsamba sa Kanya; maging mabuti at masunurin sa inyong mga magulang; huwag ninyong patayin ang inyong mga anak dahilan sa kahirapan, - Kami ay nagkakaloob ng ikabubuhay nila at ninyo; huwag kayong lumapit sa kahiya-hiyang kasalanan (ilegal [o bawal] na pakikipagtalik, atbp.), kahit na ito ay ginawa nang lantad o lingid, at huwag ninyong patayin ang sinuman na ipinagbawal ni Allah, maliban kung ito ay sa makatarungang dahilan (na ayon sa Batas Islamiko). Ito ay Kanyang ipinag-utos sa inyo upang kayo ay makaunawa."
152. At huwag kayong lubhang lumapit sa ari-arian ng mga ulila, maliban na lamang kung ito ay inyong palaguin, hanggang sa siya ay umabot na sa hustong gulang at lakas; at ibigay ang hustong sukat at hustong timbang ng may katarungan. Hindi Namin binibigyan ang isang tao ng dalahin nang higit sa kanyang makakaya. At kailanman, kung kayo ay nagbibigay ng inyong salita (alalaong baga, ang humatol sa pagitan ng mga tao o magbigay patotoo, atbp.), sabihin ninyo ang katotohanan, kahit na nga ang (inyong) malapit na kamag-anak ang nasasangkot, at inyong tuparin ang Kasunduan ni Allah. Ito ay Kanyang ipinag-utos sa inyo upang kayo ay makaala-ala.
153. At katotohanang ito ang Aking Tuwid na Landas

(alalaong baga, Ang Pag-uutos ni Allah na binabanggit sa mga talatang 151 at 152 na nakasulat sa itaas), kaya't sundin ninyo ito, at huwag kayong sumunod (sa ibang) mga landas, sapagkat sila ang maghihiwalay sa inyo tungo sa Kanyang Landas. Ito ay Kanyang ipinag-utos sa inyo upang kayo ay maging Muttaqun (mga matimtiman at banal na tao). 154. At Aming ibinigay kay Moises ang Aklat (Torah, mga Batas), upang Aming maganap (ang Aming Paglingap) sa mga gumagawa ng katuwiran, at nagpapaliwanag sa lahat ng bagay sa masusing paraan, upang sila ay magsipanalig sa kanilang pakikipagtipan sa kanilang Panginoon.

155. At ito ang banal na Aklat (ang Qur'an) na Aming ipinanaog, kaya't sundin ninyo ito at pangambahan si Allah (alalaong baga, huwag suwayin ang Kanyang pag-uutos), upang kayo ay makatanggap ng habag (alalaong baga, ang maligtas sa kaparusahan ng Impiyerno). 156. (Kung hindi), baka kayo (na mga paganong Arabo) ay magsabi: "Ang Aklat ay tanging ipinadala lamang sa dalawang sekta na nauna sa amin (ang mga Hudyo at mga Kristiyano), at para sa aming panig, sa katunayan, kami ay hindi nakakaalam kung ano ang kanilang pinag-aralan." 157. O di kaya (kayong mga paganong Arabo) ay magsabi: "Kung ang Aklat lamang ay ipinadala sa amin, katiyakang kami sana ay naging higit na mainam na napapatnubayan kaysa sa kanila (mga Hudyo at Kristiyano)." Kaya't dumatal ngayon sa inyo ang isang maliwanag na Katibayan (ang Qur'an) mula sa inyong Panginoon, at isang patnubay at isang habag. At sino pa kaya ang higit na gumagawa ng kamalian maliban sa kanya na nagtatakwil sa Ayat (mga katibayan, talata, aral, kapahayagan, atbp.) ni Allah at

tumatalikod dito? Aming babayaran sila na tumatalikod sa Aming Ayat ng isang masamang kaparusahan, dahilan sa kanilang pagtalikod dito. 158. Sila baga ay naghihintay sa anupaman maliban na ang mga anghel ay pumaroon sa kanila, o ang inyong Panginoon ay pumarito, o ang ilan sa mga Tanda ng inyong Panginoon ay dumatal (alalaong baga, ang Hudyat ng Sandali, ang pagsikat ng araw sa kanluran)! Sa Araw na ang ilan sa mga Tanda ng inyong Panginoon ay dumatal, ito ay walang kabutihan na maidudulot sa isang tao na mananampalataya (sa sandaling ito), kung siya ay hindi nanampalataya noon, o nakapagkamit ng kabutihan (sa pamamagitan nang paggawa ng mga katuwiran) sa paraan ng Pananalig nito. Ipagbadya: "Magsipaghintay kayo! Kami rin ay naghihintay." 159. Katotohanan, ang mga nagbabaha-bahagi ng kanilang pananampalataya at naghihiwalay sa maraming mga sekta (lahat ng uri ng sekta ng pananampalataya), ikaw (O Muhammad) ay walang anumang kaugnayan sa mga ito kahit na katiting. Ang kanilang ginagawa (mga pangyayari) ay nasa (kaalaman) lamang ni Allah, na Siyang magsasabi sa kanila kung ano ang kanilang ginawa.

160. Sinuman ang magdala ng isang mabuting gawa (paniniwala sa Kaisahan ni Allah at pagsunod kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita) ay magkakaroon ng sampung ulit na katumbas nito (tungo) sa kanyang kapakinabangan, at sinuman ang magdala ng isang masamang gawa (paniniwala sa diyus-diyosan, kawalan ng pananalig, pagkukunwari, at gawa ng pagsuway kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita) ay magkakaroon lamang ng isang katumbas nito, at sila ay hindi mawawalan ng katarungan. 161. Ipagbadya (O

Muhammad): "Katotohanan, ang aking Panginoon ay namatnubay sa akin sa tuwid na landas, isang tuwid na pananampalataya, ang pananampalataya ni Abraham, na Hanifan (ang paniniwala sa Kaisahan ni Allah at wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya [Allah]), at siya kailanman ay hindi napabilang sa lipon ng mga sumamba sa iba maliban pa kay Allah."

162. Ipagbadya (O Muhammad): "Katotohanan, ang aking dalangin, ang aking pagtitiis, ang aking pamumuhay, ang aking pagkamatay ay para kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang." 163. Siya ay walang katambal. At sa bagay na ito, ako ay pinag-utusan, at ako ang una sa mga Muslim. 164. Ipagbadya: "Ako baga'y maghahanap ng isang Panginoon na iba pa kay Allah, samantalang Siya ang Panginoon ng lahat ng bagay? Walang sinumang tao ang magkakamit ng anumang (kasalanan) maliban na ito ay sa kanya (lamang) nakaukol (may pananagutan), at walang sinumang may dala ng mga pasanin ang magdadala ng pasanin ng iba. At sa huli, sa inyong Panginoon ang inyong pagbabalik, at Kanyang ipapaalam sa inyo ang mga bagay na hindi ninyo pinagkakasunduan." 165. At Siya ang gumawa sa inyo sa maraming sali't saling lahi, na nagpapalit sa bawat isa (sa mga henerasyon) sa kalupaan. At kayo ay Kanyang itinaas sa maraming antas, ang ilan ay nakakaangat sa iba, upang kayo ay Kanyang masubukan sa mga bagay na ipinagkaloob Niya sa inyo. Katiyakan, ang inyong Panginoon ay maagap sa pagganti, at katiyakang Siya ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

Ang Ituktok o Ang Dingding na Nakataas

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. *Alif, Lam, Mim, Sad* (mga titik A, La, Ma, Sa).

2. (Ito ang) Aklat (ang Qur'an) na ipinanaog sa iyo (O Muhammad), kaya't huwag hayaan ang iyong dibdib dahilan dito ay manliit, upang ikaw ay makapagbigay ng babala at isang Paala-ala sa mga sumasampalataya. 3. (Ipagbadya [O Muhammad] sa mga paganong [Arabo] mula sa iyong pamayanan): "Sundin ninyo kung ano ang ipinanaog sa inyo mula sa inyong Panginoon (ang Qur'an at Sunna [mga aral at salitain] ni Propeta Muhammad), at huwag kayong sumunod sa anumang Auliya (mga tagapangalaga at kawaksi, atbp. na nag-uutos sa inyo na magtambal ng iba pa sa pagsamba kay Allah), maliban pa sa Kanya (Allah). Kakarampot lamang ang inyong naaala-ala! 4. At maraming bilang ng mga bayan (mga pamayanan) ang Amin nang winasak (dahilan sa kanilang kasamaan). Ang Aming kaparusahan ay dumatal sa kanila (nang bigla) sa gabi o habang sila ay natutulog sa kanilang panghapong pamamahinga. 5. Walang anumang sigaw ang kanilang nasambit nang ang Aming kaparusahan ay sumapit sa kanila maliban sa: "Katotohanang kami ay Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kabuktutan, buhong, tampalasan, atbp.). 6. At katiyakang Aming tatanungin ang (mga tao) na Aming pinadalhan nito (ng Aklat) at katotohanang Aming

tatanungin ang mga Tagapagbalita. 7. At katiyakang Aming isasalaysay sa kanila (ang kanilang buong kasaysayan) ng may kaalaman, at katotohanang Kami ay nakatunghay. 8. At ang pagtitimbang sa araw na yaon (ang Araw ng Muling Pagkabuhay) ay ang tunay (na pagtitimbang). Kaya't sila na ang timbang (ng mabubuting gawa) ay mabigat, sila ang mga matatagumpay (sa pagpasok sa Paraiso). 9. At sa kanila na ang timbang ay magaan, sila ang nagpatalo sa kanilang sarili (sa pamamagitan ng pagpasok sa Impiyerno), sapagkat kanilang ikinaila at itinakwil ang Aming Ayat (mga katibayan, aral, kapahayagan, tanda, atbp.).

10. At katiyakang Kami ay nagbigay sa inyo ng kapamahalaan sa kalupaan at itinalaga Namin sa inyo rito ang inyong ikabubuhay (mga pagkain at pangangailangan). Kakarampot lamang ang pasasalamat na inyong ibinibigay. 11. At katiyakang Aming nilikha kayo (ang inyong amang si Adan), at pagkatapos ay (Aming) ginawaran kayo ng hubog (ang marangal na hubog ng tao), at pagkatapos ay Aming winika sa mga anghel, "Magpatirapa kayo kay Adan", at sila ay nagpatirapa, maliban kay Iblis (isang Jinn na nasa lipon ng mga anghel), siya ay tumanggi na mapabilang doon sa mga nagpapatirapa. 12. (Si Allah) ay nagwika: "Ano ang humadlang sa iyo (O Iblis) upang ikaw ay hindi magpatirapa, nang ikaw ay Aking pinag-utusan?" Si Iblis ay nagsabi: "Ako ay higit na mainam kaysa sa kanya (Adan), ako ay nilikha Ninyo mula sa liwanag (apoy), at siya (Adan) ay Inyong nilikha mula sa malagkit na putik." 13. (Si Allah) ay nagwika: "Bumaba ka (O Iblis) mula rito (sa Paraiso), hindi marapat sa iyo na ikaw ay magiging palalo rito, lumayas ka, sapagkat ikaw ay kabilang sa mga naaba at winalan ng karangalan."

14. (Si Iblis) ay nagsabi: "Ako ay (Inyong) bigyan ng palugit hanggang sa Araw na sila ay ibabangon (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay)." 15. (Si Allah) ay nagwika: "Ikaw ay isa sa mga binigyan ng palugit." 16. (Si Iblis) ay nagsabi: "Sapagkat ako ay Inyong iniligaw, katotohanang ako ay uupo na naghihintay sa kanila (mga tao) laban sa Inyong Matuwid na Landas." 17. At ako ay lalapit sa kanilang harapan at sa kanilang likuran, sa kanilang kanang bahagi at sa kanilang kaliwang bahagi, at hindi Ninyo matatagpuan na ang karamihan sa kanila ay nagbibigay ng pasasalamat (alalaong baga, sila ay hindi magiging masunurin sa Inyo). 18. (Si Allah) ay nagwika (kay Iblis): "Lumayas ka rito (sa Paraiso), na walang kahihiyan at pinatalsik. Kung sinuman sa kanila (sangkatauhan) ang sumunod sa iyo, kung gayon, katotohanang Aking pupunuin ang Impiyerno (sa pamamagitan) ninyong lahat."

19. "At, O Adan! Manirahan ka at ang iyong asawa sa Paraiso, at kumain kayo rito kung (ano) ang kapwa ninyo maibigan, datapuwa't huwag ninyong lapitan ang punong ito, kung hindi, kayo ay kapwa mapapabilang sa Zalimun (mga tao na walang katarungan at mapaggawa ng kamalian, atbp.)." 20. At si Satanas ay bumulong ng mga mungkahi sa kanilang dalawa upang malantad sa kanila kung ano ang sa kanila ay nakalingid na maselang bahagi (ng kanilang katawan noon); siya ay nagsabi: "Ang inyong Panginoon ay hindi nagbawal sa inyo sa punongkahoy na ito, maliban (sa kadahilanang) baka kayo ay maging mga anghel o kayo ay maging walang kamatayan." 21. At siya (Satanas) ay sumumpa (sa Ngalan) ni Allah sa kanilang dalawa (na nagsasabi): "Katotohanang ako ay isa sa matapat na bumabati sa inyong dalawa."

22. Kaya't kanyang iniligaw sila ng may panlilinlang. At nang kanilang matikman ang (bunga) ng punongkahoy, yaong nakalingid sa kanila na kanilang kahihiyan (maseselang bahagi ng katawan) ay naging lantad sa kanila, at sila ay nagsimulang magtagni-tagni ng mga dahon ng Paraiso sa kanilang sarili (upang maitago nila ang kanilang kahihiyan). At ang kanilang Panginoon ay tumawag sa kanila (na nagsasabi): "Hindi baga ipinagbawal Ko sa inyo ang punongkahoy na yaon at nangusap sa inyo na: "Katotohanang si Satanas ay isang lantad na kaaway sa inyo?" 23. Sila ay nagsabi: "Aming Panginoon! Aming ipinariwara ang aming sarili. Kung kami ay hindi Ninyo patatawarin at hindi Ninyo igagawad sa amin ang Inyong Habag, katiyakang kami ay kabilang sa mga napalungi." 24. (Si Allah) ay nagwika: "Magsibaba kayo, ang bawat isa sa inyo ay (inyong) kaaway sa isa't isa (alalaong baga, si Adan, Eba at Satanas, atbp.). Ang kalupaan ang inyong pananahanan at bilang isang kasiyahan, - sa natatakdaang panahon." 25. Siya (Allah) ay nagwika: "Doon kayo ay maninirahan, at doon kayo ay mamamatay, at mula roon kayo ay muling ilalabas (alalaong baga, ang muling pagkabuhay)".

26. O Angkan ni Adan! Kami ay nagkaloob ng saplot sa inyo upang inyong takpan ang inyong sarili (bihisan ang inyong maseselang bahagi, atbp.), at bilang isang palamuti. Datapuwa't ang saplot ng kabutihan ang higit na mainam. Ito ay ilan sa Ayat (mga katibayan, aral, kapahayagan, tanda, atbp.) ni Allah, upang sila ay makaala-ala (alalaong baga, iwanan ang Kabulaanan at sundin ang Katotohanan). 27. O Angkan ni Adan! Huwag hayaang si Satanas ay

luminlang sa inyo, na katulad nang pagkakuha (pagkadaya) niya sa inyong magulang (Adan at Eba) mula sa Paraiso, na hinubaran sila ng kanilang saplot, upang maipakita sa kanila ang kanilang maseselang bahagi (ng katawan). Katotohanang siya at ang Qabiluhu (ang kanyang mga sundalo mula sa mga masasamang Jinn o ang kanyang tribo) ay nakakakita sa inyo mula sa lugar na sila ay hindi ninyo nakikita. Katotohanang Aming ginawa ang mga diyablo bilang Auliya (tagapangalaga at kawaksi) ng mga walang pananampalataya.

28. At nang sila ay gumawa ng isang Fahisha (masamang gawa, na lumilibot nang paikot sa Ka'ba na nakahubad, at ng lahat ng uri ng bawal na pakikipagtalik, atbp.), sila ay nagsabi: "Hindi, si Allah ay hindi kailanman nag-uutos ng Fahisha?" Kayo baga ay nagsasalita tungkol kay Allah ng bagay na hindi ninyo nababatid? 29. Ipagbadya (O Muhammad): "Ang aking Panginoon ay nag-utos ng katarungan at (nagwika) na Siya lamang ang marapat ninyong harapin (alalaong baga, huwag kayong sumamba sa iba pa maliban kay Allah at humarap sa Qibla, ang Ka'ba sa Makkah sa sandali nang inyong pagdarasal) sa bawat isa at lahat ng lugar ng pagsamba sa pananalangin (at huwag humarap sa iba pang huwad na diyos at mga imahen), at panikluhuran lamang Siya at ituon ang inyong matapat na pananampalataya sa Kanya sa pamamagitan ng hindi pag-aakibat ng anumang katambal sa Kanya, at may pagnanais na ginagawa ninyo ang mga gawang ito tungo sa Kapakanan lamang ni Allah. At sa pasimula, Kanyang inilabas kayo (sa pagkabuhay o pagkakaroon ng buhay), sa gayon din, kayo ay itatambad sa pagiging buo (sa Araw ng Muling Pagkabuhay) [sa dalawang

pangkat, ang isa ay nabibiyayaan (mga sumasampalataya), at ang isa ay kahabag-habag (mga hindi sumasampalataya)]. 30. Ang isang pangkat ay Kanyang pinatnubayan, at ang isang pangkat ay nararapat na mapasakamalian; (sapagkat) katiyakang kanilang tinangkilik ang mga diyablo bilang Auliya (mga tagapangalaga at kawaksi) sa halip ni Allah, at nag-aakala na sila ay napapatnubayan.

31. O Angkan ni Adan! Maglagay kayo ng palamuti (sa pamamagitan ng pagsusuot ng malinis na damit), habang nagdarasal at lumalakad nang palibot (ang Tawaf) sa Ka'ba, at (kayo) ay kumain at uminom, datapuwa't huwag mag-aksaya sa pagiging maluho, katiyakang Siya (Allah) ay hindi nalulugod sa mga maluluho. 32. Ipagbadya (O Muhammad): "Sino ang nagbawal sa magagandang (kaloob) na iginawad ni Allah para sa Kanyang mga alipin, at ng At-Tayyibat (lahat ng uri ng Halal [mga pinahihintulutang bagay at mga pagkain]) na dalisay at malinis?" Ipagbadya: "Ang mga ito, sa buhay sa mundong ito, ay para sa mga sumasampalataya, (at) tanging-tangi para sa kanila (na sumasampalataya) sa Araw ng Muling Pagkabuhay (alalaong baga, ang mga hindi sumasampalataya ay hindi makakahati sa kanila)." Sa ganito Namin ipinapaliwanag ang Ayat (mga Batas Islamiko) sa masusing paraan sa mga tao na may kaalaman. 33. Ipagbadya (O Muhammad): "(Datapuwa't) ang mga bagay na ipinagbawal ng aking Panginoon ay mga Al-Fawahish (malalaking kasamaan, lahat ng uri ng bawal na pakikipagtalik, atbp.) kahima't ito ay ginawa nang lantad o lingid, (ang lahat ng uri) ng mga kasalanan, ang walang katarungang pang-aapi, ang pag-aakibat ng mga katambal (sa pagsamba) kay Allah na rito ay wala Siyang ibinigay na

kapamahalaan, at pagsasabi ng mga bagay hinggil kay Allah na rito ay wala silang kaalaman.

34. At ang bawat bansa (pamayanan) ay may kanyang natataningang panahon; kung ang kanyang takda ay sumapit na, kahit na sa isang oras (o isang sandali), sila ay hindi makakaantala (nito) at gayundin, kahit na sa isang oras (o isang sandali), sila ay hindi makapagpapauna (nito). 35. O Angkan ni Adan! Kung may mga Tagapagbalita na dumatal mula sa lipon ninyo, na dumadalit sa inyo ng Aking mga Talata, kung gayon, sinuman ang maging matimtiman at maging matuwid, sa kanila ay walang pangangamba, gayundin sila ay hindi malulumbay. 36. Datapuwa't sila na nagtatakwil ng Aming Ayat (mga kapahayagan, tanda, aral, katibayan, atbp.), at nagtuturing dito ng may kapalaluan, sila ang magsisipanahan sa Apoy (Impiyerno), mananatili sila rito magpakailanman. 37. Sino pa ba kaya ang higit na walang katarungan maliban sa kanya na kumakatha ng kabulaanan laban kay Allah o nagtatakwil sa Kanyang Ayat (mga katibayan, aral, tanda, kapahayagan, atbp.)? Sa gayong mga (tao), ang kanilang natatakdaang bahagi (ng mabubuting bagay sa buhay sa mundong ito at sa haba ng kanilang taning na panahon dito), ay sasapit sa kanila mula sa Aklat (ng mga Pag-uutos); hanggang kung ang Aming mga Tagapagbalita (ang Anghel ng kamatayan at kanyang mga alalay) ay dumatal sa kanila upang kunin ang kanilang kaluluwa, sila (mga Anghel) ay magsasabi: "Nasaan ang mga pinananalanginan ninyo at sinasamba maliban pa kay Allah?", at sila ay magsasabi, "Sila ay naglaho at kami ay (kanilang) iniwan." At sila ang magbibigay saksi sa kanilang sarili na sila ay mga hindi nananampalataya.

38. (Si Allah) ay magwiwika: "Magsipasok kayo sa lipon ng mga bansa (pamayanan) na nagsiyao na nang una pa sa inyo, mga tao at mga Jinn, tungo sa Apoy. Sa bawat sandali na ang isang bagong pamayanan (bansa) ay pumapasok, ito ay nagtutungayaw sa kanyang kapwa bansa (pamayanan na lumipas na noon), hanggang sa sila ay titipunin nang sama-sama sa Apoy. Ang huli sa kanila ay magsasabi sa una sa kanila: "Aming Panginoon! Sila ang luminlang sa amin, kaya't Inyong bigyan sila ng dalawang kaparusahan sa Apoy." Siya (Allah) ay magwiwika: "Sa bawat isa ay mayroong dalawang (parusa), datapuwa't ito ay hindi ninyo nalalaman." 39. Ang una sa kanila ay magsasabi sa huli sa kanila: "Ikaw ay higit na masahol (hindi mainam) sa amin, kaya't lasapin ninyo ang kaparusahan ng inyong ginawa."

40. Katotohanan, ang mga nagpapasinungaling sa Aming Ayat (mga katibayan, kapahayagan, tanda, aral, atbp.), at nagtuturing dito ng may kapalaluan, sa kanila, ang mga tarangkahan ng langit ay hindi bubuksan, at sila ay hindi makakapasok sa Paraiso hanggang ang kamelyo (ay mangyari) na maglagos sa butas ng karayom (na lubhang imposible). Sa ganito Namin binabayaran ang Mujrimun (mga kriminal, mapagsamba sa diyus-diyosan, makasalanan, atbp.). 41. Sasakanila ang kama (papag) ng Impiyerno (Apoy), at sa ibabaw nila ay mga pangbalabal (ng Apoy ng Impiyerno). Sa ganito Namin binabayaran ang Zalimun (mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian, tampalasan, buhong, atbp.). 42. Datapuwa't ang mga sumampalataya (sa Kaisahan ni Allah, sa Islam), at nagsigawa ng kabutihan, hindi Namin binibigyan ng pabigat ang sinumang tao na labis sa kanyang makakaya,

sila ang maninirahan sa Paraiso. Mananatili sila rito magpakailanman. 43. At Aming papawiin sa kanilang dibdib ang anumang (magkapanabay na) pagkamuhi (o matinding hinanakit) o damdaming nasaktan (na kanilang naranasan, sa lahat man, sa buhay sa mundong ito); ng mga ilog na dumadaloy sa ilalim nila, at sila ay magsasabi: "Ang lahat ng mga papuri at pasasalamat ay kay Allah na namatnubay sa atin dito, kailanman ay hindi (sana) tayo makakatagpo ng patnubay kung hindi lamang tayo pinatnubayan ni Allah! Tunay nga, ang mga Tagapagbalita ng ating Panginoon ay dumatal na may Katotohanan." At ipagbabadya sa kanila: "Ito ang Paraiso na inyong namana dahilan sa inyong ginawa."

44. At ang mga nagsisipanirahan sa Paraiso ay tatawag sa mga nagsisipanirahan sa Apoy (na nagsasabi): "Tunay naming natagpuan na totoo ang ipinangako ng aming Panginoon sa amin, natagpuan din ba ninyo na totoo ang ipinangako ng inyong Panginoon (ang Kanyang babala)?" Sila ay magsasabi: "Oo", at isang tagapagsalita ang magpapahayag sa pagitan nila: "Ang sumpa ni Allah ay nasa Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian, atbp.). 45. Sila na humadlang (sa mga tao) tungo sa Landas ni Allah at naghahanap na gawin itong baluktot, sila nga ang hindi nananampalataya sa Kabilang Buhay.

46. At sa pagitan nila ay may isang sagka (na nagbubukod sa kanila) at sa Al-Araf (isang dingding na nasa matataas na lugar), ay may mga tao (na ang mabubuti at masasamang gawa ay magkapantay sa timbangan), na makakakilala sa lahat (ng mga tao ng Paraiso at Impiyerno), sa pamamagitan ng kanilang mga tanda (ang mga nagsisipanahan sa

Paraiso, ang tanda ay sa pamamagitan ng kanilang mapuputing mukha at ang nagsisipanahan sa Impiyerno ay sa pamamagitan ng kanilang maiitim na mukha), sila ay tatawag sa mga nagsisipanirahan sa Paraiso, "Sumainyo ang kapayapaan," at sa sandaling ito, sila (ang mga tao sa Al-Araf), ay hindi pa makakapasok dito, datapuwa't sila ay umaasa na makakapasok (dito) ng may katiyakan. 47. At kung ang kanilang mga mata ay napapalingon sa gawi ng mga nagsisipanirahan sa Apoy, sila ay nagsasabi: "Aming Panginoon! Kami ay huwag Ninyong ilagay sa lipon ng mga tao na Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian)." 48. At ang mga tao sa Al-Araf (dingding) ay tatawag sa mga tao na kanilang makikilala sa pamamagitan ng kanilang mga tanda, na nagsasabi: "Walang naging anumang kapakinabangan sa inyo ang inyong malaking bilang (at bunton ng mga kayamanan), at ang inyong kapalaluan laban sa Pananalig?" 49. Pagmalasin! Hindi baga sila ang mga tao na inyong sinumpa noon (sapagkat sila ay nagsasabi) na si Allah ay hindi kailanman magpapakita sa kanila ng habag. (Pagmasdan! Ito ang ipinagbadya sa kanila): "Magsipasok kayo sa Paraiso, walang pangangamba ang sasainyo, gayundin, kayo ay hindi malulumbay."

50. At ang mga nagsisipanirahan sa Apoy ay tatawag sa mga nagsisipanirahan sa Paraiso: "Buhusan ninyo kami ng kaunting tubig o anumang (bagay) na ipinagkaloob sa inyo ni Allah." Sila ay magsasabi: "Ang (tubig at anumang ikabubuhay) ay kapwa ipinagbawal ni Allah sa mga hindi sumasampalataya, 51. Na nagturing sa kanilang pananampalataya bilang isang paglilibang at paglalaro, at

ang buhay ng mundong ito ay luminlang sa kanila." Kaya't sa Araw na ito, sila ay Aming kalilimutan, kung paano rin naman nila kinalimutan ang pakikipagtipan ng kanilang Araw, sapagkat sila ay nagtakwil sa Aming Ayat (mga kapahayagan, katibayan, tanda, aral, atbp).

52. Katiyakang Kami ay nagpadala sa kanila ng isang Aklat (ang Qur'an), na Aming ipinaliwanag sa masusing paraan ng may karunungan, - isang patnubay at habag sa mga tao na sumasampalataya. 53. Sila baga'y nagsisipaghintay lamang sa huling katuparan ng gayong pangyayari? Sa Araw na ang pangyayari ay ganap nang natupad (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay), sila na nagpabaya rito noon ay magsasabi: "Tunay nga, ang mga Tagapagbalita ng aming Panginoon ay dumatal na may Katotohanan, ngayon, mayroon pa bang mga tagapamagitan sa amin upang sila ay makapamagitan sa aming kapakanan? O maaari ba na kami ay muling ibalik (sa unang buhay sa mundo) upang kami ay makagawa ng (mabubuting) gawa, maliban pa roon sa (masasamang) gawa na aming ginawa?" Katotohanang ipinariwara nila ang kanilang sarili (alalaong baga, winasak ang kanilang sarili), at ang nakahiratihan na nilang kabulaanan (pagdalangin at pagsamba sa mga iba maliban pa kay Allah, katulad ng mga diyus-diyosan at imahen), ay lumayo na sa kanila.

54. Katotohanan, ang inyong Panginoon ay si Allah, na lumikha sa kalangitan at kalupaan sa Anim na Araw at Siya ay nag-Istawa (pumaitaas) sa Luklukan (sa paraang naaangkop sa Kanyang Kamahalan). Tinakpan Niya ang gabi ng araw (maghapon), na mabilis na nagsasalitan sa isa't isa, at (Kanyang nilikha) ang araw, ang buwan, at ang

mga bituin ay ipinailalim Niya sa Kanyang Pag-uutos. Maluwalhati si Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang. 55. Panikluhuran ninyo ang inyong Panginoon ng may kapakumbabaan at sa lihim. Siya ay hindi nalulugod sa mga lumalabag sa pag-uutos. 56. At huwag gumawa ng kabuktutan sa kalupaan, matapos na ito ay maitalaga sa ayos, at inyong panikluhuran Siya ng may pangangamba at pag-asa. Katiyakan, ang Habag ni Allah (ay laging) malapit sa mga gumagawa ng kabutihan.

57. At Siya ang nagpapadala ng hangin bilang pagpapahayag ng mabuting balita, na pumapalaot sa harapan ng Kanyang habag (ang ulan). Hanggang nang sila (hangin) ay makapagdala ng mabigat na ulap, Aming itinaboy ito sa isang tigang na lupa, at Aming pinapangyari na ang ulan ay mamalisbis dito. At Kami ay nagpasibol dito (sa kalupaan) ng lahat ng uri ng bungangkahoy. Sa gayunding paraan ay Aming ibabangon ang patay, upang kayo ay makaala-ala o makinig. 58. Ang mga halaman ng isang mabuting lupa (ay madaling) sumibol sa kapahintulutan ng kanyang Panginoon, at sa hindi mabuting (lupa), rito ay walang sumibol maliban sa kakarampot lamang (bukod) pa sa may kahirapan. Sa ganito Namin ipinapaliwanag sa maraming paraan ang Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.), sa mga tao na nagbibigay ng pasasalamat.

59. Katotohanang Aming isinugo si Noe sa kanyang pamayanan, at siya ay nagsabi: “O aking pamayanan! Sambahin ninyo si Allah! Wala na kayong iba pang Ilah (Diyos) maliban sa Kanya. (La ilaha ill Allah: Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah). Katiyakang ako ay nangangamba para sa

inyo sa kaparusahan ng dakilang Araw!" 60. Ang mga pinuno ng kanyang pamayanan ay nagsabi: "Katotohanang ikaw ay namamalas namin sa isang lantad na kamalian." 61. (Si Noe) ay nagbadya: "O aking pamayanan! Walang kamalian sa akin, datapuwa't ako ay isang Tagapagbalita mula sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang! 62. Aking ipinararating sa inyo ang mga mensahe ng aking Panginoon at nagbibigay sa inyo ng matapat na pagpapayo. At aking nababatid mula kay Allah ang hindi ninyo nalalaman. 63. Kayo baga ay nagsisipamangha na may dumatal sa inyo na isang Paala-ala mula sa inyong Panginoon sa pamamagitan ng isang tao sa inyong lipon, upang kayo ay kanyang mabigyan ng babala, upang inyong pangambahan si Allah at upang inyong matanggap ang (Kanyang) Habag?" 64. Datapuwa't sila ay nagpasinungaling sa kanya, kaya't Aming iniligtas siya at ang mga kasama niya sa barko at Aming nilunod sila na nagpabulaan sa Aming Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.). Katotohanang sila ay mga bulag na tao.

65. At (sa pamayanan) ni A'ad (ay Aming isinugo) ang kanilang kapatid na si Hud, siya ay nagbadya: "O aking pamayanan! Sambahin ninyo si Allah! Wala na kayong iba pang Ilah (Diyos) maliban sa Kanya. (La ilaha ill Allah: Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah). Hindi baga kayo nangangamba (kay Allah)?" 66. Ang mga pinuno ng mga hindi sumasampalataya sa lipon ng kanyang mga tao (pamayanan) ay nagsabi: "Katotohanang namamalas ka namin sa kalokohan, at katotohanang kami ay nag-iisip na ikaw ay isa sa mga sinungaling." 67. (Si Hud) ay nagsabi: "O aking pamayanan! Walang kalokohan sa akin, datapuwa't ako ay isang

Tagapagbalita mula sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang! 68. Ipinararating ko sa inyo ang mga mensahe ng aking Panginoon, at ako ay isang mapagkakatiwalaang tagapayo (o kapanalig) sa inyo. 69. Kayo baga ay namamangha na mayroong dumatal sa inyo na isang Paala-ala (at isang payo) mula sa inyong Panginoon sa pamamagitan ng isang tao sa inyong lipon upang kayo ay kanyang mabigyan ng babala? At alalahanin na kayo ay ginawa Niyang mga tagapagmana, makaraan ang mga tao (pamayanan) ni Noe, at kayo ay Kanyang pinarami na matataas (sa tindig). Kaya't inyong alalahanin ang mga biyaya (na ipinagkaloob sa inyo) mula kay Allah upang kayo ay maging matagumpay."

70. Sila ay nagsabi: "Ikaw ay pumarito sa amin upang kami ay marapat na sumamba lamang kay Allah at iwanan ang sinasamba na kinagisnan ng aming mga ninuno. Kaya't dalhin mo sa amin ang bagay na iyong ipinananakot sa amin kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan." 71. (Si Hud) ay nagsabi: "Ang kaparusahan at poot ay tunay na dumatal sa inyo mula sa inyong Panginoon. Nakikipagtalo ba kayo sa akin dahilan sa mga pangalan na inyong binanggit, - kayo at ang inyong mga ninuno, na walang kapamahalaan mula kay Allah? Kung gayon (kayo ay) magsipaghintay, kasama rin ako sa lipon ninyo na naghihintay." 72. Kaya't Aming iniligtas siya at ang kanyang mga kasama sa pamamagitan ng Habag mula sa Amin at Aming pinutol ang mga ugat ng mga nagpabulaan sa Aming Ayat (mga katibayan, aral, tanda, kapahayagan, atbp.), at sila ay hindi nananampalataya.

73. At (sa pamayanan) ni Thamud (ay Aming isinugo) ang kanilang kapatid na si Salih. Siya ay nagbadya: "O aking payamanan! Sambahin ninyo si Allah, kayo ay wala ng iba

pang Ilah (Diyos) maliban sa Kanya, (La ilaha ill Allah: Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah). Katotohanang may dumatal sa inyo na isang maliwanag na Tanda (ang himala nang paglabas ng isang babaeng kamelyo sa gitna ng isang malaking bato) mula sa inyong Panginoon. Ang babaeng kamelyong ito ni Allah ay isang Tanda sa inyo; kaya't hayaan ninyo na manginain siya sa kalupaan ni Allah at huwag ninyong hipuin siya ng may pananakit, (kung hindi) baka ang isang kasakit-sakit na kaparusahan ay sumakmal sa inyo." 74. "At gunitain nang kayo ay ginawa Niyang tagapagmana makaraan (ang pamayanan) ni A'ad, at Kanyang binigyan kayo ng mga pananahanan sa kalupaan, kayo ay nagtatayo sa inyong sarili ng mga palasyo sa kapatagan at umuukit ng inyong tahanan sa kabundukan. Kaya't alalahanin ang mga biyaya (na ipinagkaloob sa inyo) mula kay Allah, at huwag kayong magsipaglibot sa kalupaan sa paggawa ng kabuktutan." 75. Ang mga pinuno ng mga palalo sa lipon ng kanyang pamayanan ay nagsabi sa kanila na mga ibinibilang na mahihina, - sa kanila na nagsisampalataya: "Nalalaman ba ninyo na si Salih ang siyang isinugo ng kanyang Panginoon." Sila ay nagsabi: "Katotohanang kami ay nananalig sa bagay na ipinadala sa kanya."

76. Ang mga palalo ay nagsabi: "Katotohanang kami ay hindi sumasampalataya sa inyong pinapanaligan." 77. Kaya't kanilang binigti ang babaeng kamelyo at walang pakundangang nilabag nila ang Pag-uutos ng kanilang Panginoon, at nagsabi: "O Salih! Dalhin mo sa amin ang iyong mga banta kung ikaw ay tunay na isa sa mga Tagapagbalita (ni Allah)." 78. Kaya't ang lindol ay lumagom

sa kanila, at sila ay napahandusay na walang buhay, na nakalupasay sa kanilang tahanan. 79. At siya (Salih) ay lumingon sa kanila at nagsabi: "O aking pamayanan! Katotohanang aking ipinarating sa inyo ang mensahe ng aking Panginoon at kayo ay binigyan ko ng isang mabuting payo datapuwa't hindi ninyo naiibigan ang mabubuting tagapayo."

80. At (alalahanin) si Lut, nang sabihin niya sa kanyang pamayanan: "Inyo bagang ginagawa ang pinakamasamang kasalanan, na wala pang sinuman ang nakauna sa inyo sa lahat ng mga nilalang? 81. Katotohanang inyong idinaraos ang inyong pagnanasa sa mga lalaki, sa halip ng mga babae. Hindi, kayo ay mga tao na lumalabag ng lagpas sa hangganan (sa paggawa ng malalaking kasalanan)." 82. At ang sagot ng kanyang pamayanan ay tanging ang kanilang pagsasabi: "Sila ay palayasin ninyo sa inyong bayan, katotohanang sila ang mga tao na nagnanais na maging dalisay (sa mga kasalanan)!" 83. At Aming iniligtas siya at ang kanyang pamilya, maliban sa kanyang asawa; siya ay isa sa mga nanatili sa likuran (alalaong baga, nagpaiwan tungo sa kaparusahan). 84. At nagpaulan Kami sa kanila ng ulan (ng mga bato). At pagmasdan kung ano ang kinahinatnan ng Mujrimun (mga kriminal, mapagsamba sa diyus-diyosan, makasalanan, atbp.).

85. At (sa pamayanan) ng Madyan (Midian) ay (Aming isinugo) ang kanilang kapatid na si Shu'aib. Siya ay nagbadya: "O aking pamayanan! Sambahin ninyo si Allah, wala na kayong iba pang Ilah (Diyos) maliban sa Kanya. (La ilaha ill Allah: Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah). Katotohanang

isang maliwanag na Katibayan (Tanda) mula sa inyong Panginoon ang dumatal sa inyo; kaya't magbigay ng tamang sukat at hustong timbang at huwag ipahamak sa kamalian ang mga tao sa kanilang mga bagay-bagay (na gawain), at huwag gumawa ng kabuktutan sa kalupaan matapos na ito ay maitalaga sa ayos, ito ay higit na mainam sa inyo kung kayo ay sumasampalataya. 86. At huwag maupo sa bawat daan, na nananakot at humahadlang tungo sa Landas ni Allah, sa mga sumasampalataya sa Kanya, at naghahanap na ito ay gawing baluktot. At alalahanin nang kayo ay iilan lamang, at Kanyang pinarami kayo. At pagmalasin kung ano ang kinahinatnan ng Mufsidun (mga buktot, tampalasan, buhong, sinungaling, atbp.). 87. At kung mayroong isang pangkat sa inyo na naniniwala sa ipinahayag sa akin at isang pangkat na hindi sumasampalataya, kayo ay maging matiyaga hanggang si Allah ay humatol sa pagitan natin, at Siya ang Pinakamahusay sa lahat ng Hukom."

88. Ang mga pinuno ng mga palalo sa lipon ng kanyang pamayanan ay nagsabi: "Katiyakang ikaw ay aming itataboy, O Shu'aib, at sila na naniniwala sa iyo mula sa aming bayan, kung hindi, kayong (lahat) ay magbabalik sa aming relihiyon." Siya (Shu'aib) ay nagsabi: "Kahit na ito ay aming kinasusuklaman! 89. Kami ay tunay na kakatha ng kasinungalingan laban kay Allah kung kami ay magbabalik sa inyong pananampalataya, matapos na kami ay sagipin dito ni Allah. At wala sa amin ang pagpapasya na magbalik dito (sa liwas na pananalig), malibang si Allah, ang aming Panginoon, ang magnais nito. Ang aming Panginoon ang nakakatalos ng lahat ng mga bagay sa Kanyang karunungan. Kay Allah (lamang) namin inilalagay ang aming pagtitiwala.

Aming Panginoon! Kayo ang humatol sa katotohanan sa pagitan namin at ng aming pamayanan, sapagkat Kayo ang pinakamahusay sa lahat ng nagbibigay ng kahatulan." 90. Ang mga pinuno ng mga hindi sumasampalataya sa lipon ng kanyang pamayanan ay nagsabi (sa kanilang pamayanan): "Kung inyong susundin si Shu'aib, katiyakang kayo ay magiging mga talunan!" 91. Kaya't ang lindol ay lumagom sa kanila, at sila ay walang buhay na nakahandusay sa kanilang tahanan. 92. Sila na nagpabulaan kay Shu'aib, ay nangyari, na wari bang sila ay hindi nagsipanirahan doon (sa kanilang tahanan). Ang mga nagpasinungaling kay Shu'aib, sila ang mga talunan. 93. At siya (Shu'aib) ay bumaling sa kanila at nagsabi: "O aking pamayanan! Katotohanang aking ipinaabot ang mga mensahe ng aking Panginoon sa inyo at kayo ay binigyan ko ng mabuting payo. Kung gayon, bakit ako magdadalamhati (sa pagkawasak) ng mga tao na hindi sumampalataya."

94. At hindi Kami nagsugo ng propeta (na kanilang itinakwil) sa alinmang bayan, na hindi Namin sinakmal ang mga tao rito ng pasakit ng matinding kahirapan (o pagkawala ng kayamanan), at pagkawala ng kalusugan at mga kalamidad, upang sila ay maging aba sa kanilang sarili (at magtika kay Allah). 95. At Aming pinalitan ang kasamaan sa kabutihan, hanggang sa sila ay dumami sa bilang at sa kayamanan, at nangusap: "Ang aming mga ninuno ay dinapuan ng kasamaan (pagkawala ng kalusugan at mga kalamidad) at ng mabuting (kasaganaan, atbp.)." Kaya't Aming sinakmal sila nang walang abog-abog habang sila ay walang kaalaman. 96. At kung ang pamayanan ng mga bayan ay nanampalataya at nagkaroon ng Taqwa (kabanalan at

kataimtiman), katiyakang Amin (sanang) ibubukas sa kanila ang mga biyaya mula sa kalangitan at kalupaan, datapuwa't sila ay nagpasinungaling (sa mga Tagapagbalita). Kaya't Aming sinakmal sila (ng kaparusahan) dahilan sa kanilang kinita (alalaong baga, ang kanilang pagsamba sa mga diyus-diyosan at mga krimen na kanilang ginawa, atbp.). 97. Sila bagang pamayanan ng mga bayan ay nakadarama ng kaligtasan laban sa pagdatal ng Aming kaparusahan sa gabi habang sila ay natutulog? 98. O sila bagang pamayanan ng mga bayan ay nakadarama ng kaligtasan laban sa pagdatal ng Aming kaparusahan bago magtanghali habang sila ay naglalaro? 99. Sila baga'y nakadarama ng kaligtasan laban sa balak ni Allah? Walang sinuman ang nakadarama ng kaligtasan sa balak ni Allah, maliban sa mga tao na (nakatakda) sa pagkawasak.

100. At sa mga nagmana ng kalupaan sa magkakasunod (na panahon) mula sa (nakaraang) nagmamay-ari, hindi pa ba ito isang namamatnubay (na aral), na kung Aming ninais, Amin din silang parurusahan dahilan sa kanilang mga kasalanan. At Aming sinarhan ang kanilang puso upang sila ay hindi makarinig? 101. Ito ang kasaysayan ng mga bayan (pamayanan) na Aming isinalaysay sa iyo (O Muhammad). At katotohanang dumatal sa kanila ang kanilang mga Tagapagbalita na may maliliwanag na Katibayan, datapuwa't sila ay hindi nakahanda na manampalataya sa bagay na kanilang itinakwil noon pang una. Sa ganito sinasarhan ni Allah ang mga puso ng mga hindi sumasampalataya (sa bawat isa at lahat ng uri ng pangrelihiyong patnubay). 102. At ang karamihan sa kanila ay Aming natagpuan na hindi tapat sa kanilang kasunduan, bagkus ang karamihan sa kanila ay

tunay Naming natagpuan na Fasiqun (mapaghimagsik at palasuway kay Allah).

103. At pagkaraan nila ay Aming isinugo si Moises na kasama ang Aming mga Tanda kay Paraon at sa kanyang mga pinuno, datapuwa't sa kamalian ay kanilang itinakwil siya. Kaya't pagmasdan kung ano ang kinasapitan ng Mufsidun (mga mapaggawa ng kabuktutan, tampalasan, buhong, atbp.). 104. At si Moises ay nagbadya: "O Paraon! Ako ay isang Tagapagbalita mula sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang. 105. Marapat para sa akin na mangusap ako ng wala ng iba pa hinggil kay Allah maliban sa katotohanan. Katotohanang ako ay naparito sa inyo mula sa inyong Panginoon na may dalang maliwanag na katibayan. Kaya't hayaan ang Angkan ng Israel ay lumisan na kasama ko." 106. (Si Paraon) ay nangusap: "Kung ikaw ay dumatal na may Tanda, ito ay iyong ilantad dito, - kung ikaw ay isa sa nagsasabi ng katotohanan." 107. (At si Moises) ay naghagis ng kanyang tungkod, at pagmasdan!, ito ay isang maliwanag na ahas! 108. At kanyang inilabas ang kanyang kamay, at pagmalasin!, ito ay (naging) puti (na nagniningning) sa mga nakakamalas. 109. Ang mga pinuno ng mga tao ni Paraon ay nagsabi: "Katotohanang siya ay isang magaling na manggagaway; 110. Nais niyang itaboy kayo sa inyong lupain, kaya't ano ang inyong maipapayo?" 111. Sila ay nagturing: "Pigilin siya at ang kanyang kapatid (sa ilang oras), at magpadala ng mga tagatawag (ng mga tao) sa mga lungsod upang maghanap, (at)- 112. Upang kanilang dalhin sa inyo ang pinakamagagaling na manggagaway."

113. Kaya't ang mga manggagaway ay pumaroon kay Paraon. Sila ay nangusap: "Katotohanang bang may malaking

gantimpala sa amin kung kami ay maging matagumpay.” 114. Siya (Paraon) ay nagsabi: “Oo, at higit pa riyan, (kung kayo ay magtagumpay), kayo ay magiging pinakamalapit (sa akin).” 115. Sila ay nagsabi: “O Moises! Maaaring ikaw ang (maunang) maghagis, o sa amin ang (unang) hagis?” 116. Siya (Moises) ay nagsabi: “Kayo ang (maunang) maghagis.” Kaya’t nang sila ang maghagis, kanilang ginaway ang mga mata ng mga tao at naghatid sila ng lagim sa kanila, at sila ay nagpamalas ng dakilang salamangka. 117. At Aming binigyan ng inspirasyon si Moises (na nagsasabi): “Ihagis mo ang iyong tungkod”, at pagmalasin!, ito ay lumulon nang walang humpay sa lahat ng mga kabulaanan na kanilang itinambad. 118. Kaya’t ang katotohanan ay napatibayan, at ang lahat ng kanilang ginawa ay walang saysay. 119. Kaya’t sila ay nagapi rito at noon din, at bumalik sa kanila ang kahihiyan (pagkaaba). 120. At ang mga manggagaway ay napahandusay na nangangayupapa (sa pagsamba). 121. At sila ay nagsabi: “Kami ay sumasampalataya sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang, 122. Ang Panginoon ni Moises at Aaron.”

123. Si Paraon ay nagsabi: “Kayo ba ay naniniwala sa kanya (Moises) bago ko pa kayo bigyan ng pahintulot? Katiyakang ito ay isang pakana na inyong binalak sa lungsod upang itaboy ang mga tao rito, datapuwa’t inyong mapag-aalaman; 124. Katiyakang aking puputulin ang inyong mga kamay at mga paa sa magkabilang panig at kayong lahat ay aking ipapako sa krus.” 125. Sila ay nagsabi: “Katotohanang kami ay magbabalik sa aming Panginoon, 126. At ikaw ay gumagawa lamang ng paghihiganti sa amin sapagkat kami ay nanampalataya sa Ayat (mga katibayan,

kapahayagan, aral, tanda, atbp.) ng aming Panginoon nang ito ay sumapit sa amin! Aming Panginoon! Diligan Mo po kami ng pagtitiyaga, at papangyarihin Ninyong mamatay kami na mga Muslim."

127. Ang mga pinuno ng mga tao ni Paraon ay nagsabi: "Inyo bagang pababayaan si Moises at ang kanyang mga tao na magkalat ng kalokohan sa kalupaan at iwanan kayo at ang inyong mga diyos?" Siya (Paraon) ay nagsabi: "Aming papatayin ang kanilang mga anak na lalaki at hahayaan namin na mabuhay ang kanilang mga babae, at katotohanang kami ay mayroong lakas na hindi matututulan." 128. Si Moises ay nagsabi sa kanyang mga tao: "Kayo ay manikluhod ng tulong kay Allah at maging matimtiman. Katotohanan, ang kalupaan ay pag-aangkin ni Allah. Ibinibigay Niyang pamana ito sa sinumang Kanyang maibigan sa Kanyang mga alipin, at ang (maluwalhating) katapusan ay para sa Muttaqun (mga matimtiman at banal na tao na may pagkatakot kay Allah at umiiwas sa lahat ng mga kasalanan at gumagawa ng lahat ng mga kabutihan). 129. Sila ay nagsabi: "Kaming (Angkan ng Israel) ay nagdusa ng mga kaguluhan bago ka pa dumatal sa amin, at mula nang ikaw ay dumating sa amin." Siya ay nagsabi: "Mangyayaring ang inyong Panginoon ang wawasak sa inyong kaaway at gagawin kayong mga tagapagmana sa kalupaan, upang Kanyang mamalas kung paano kayo magsisikilos?"

130. At katotohanang Aming pinarusahan ang mga tao ni Paraon sa maraming taon ng tagtuyot at kakulangan ng mga bunga (at pananim, atbp.), upang sila ay makaala-ala (makinig at sumunod). 131. Datapuwa't kailanma't may mabuti na sumapit sa kanila, sila ay nagsasabi: "Ito ay

amin." At kung ang kasamaan ay maminsala sa kanila, sila ay nagtuturing dito na ito ay sanhi ng masamang pangitain na nakakabit kay Moises at sa kanyang mga kasama. Inyong maalaman! Ang kanilang masamang pangitain ay nasa (karunungan) ni Allah datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi nakakaalam. 132. Sila ay nagsabi (kay Moises): "Anumang Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.) ang iyong dalhin sa amin, upang gumawa na kasama rito ang iyong panggagaway sa amin, kailanman ay hindi kami sasampalataya sa iyo."

133. Kaya't Aming ipinadala sa kanila (ang mga ito): ang baha, ang mga tipaklong, ang mga kuto, ang mga palaka, at ang dugo: (bilang sunod-sunod) na mga maliliwanag na Tanda, datapuwa't sila ay nanatili na mga palalo, at sila ay nasa lipon ng mga tao na Mujrimun (mga kriminal, mapagsamba sa diyus-diyosan, makasalanan, atbp.). 134. At nang ang kaparusahan ay sumapit sa kanila, sila ay nagsabi: "O Moises. Panikluhuran mo ang iyong Panginoon para sa amin dahilan sa Kanyang pangako sa iyo. Kung iyong papawiin ang kaparusahan sa amin, katotohanang kami ay sasampalataya sa iyo at hahayaan namin ang Angkan ng Israel ay humayo na kasama mo." 135. Datapuwa't nang Aming pawiin ang kaparusahan sa kanila sa isang natatakdaang panahon, na marapat nilang sapitin, pagmasdan! Sila ay sumira sa kanilang salita! 136. Kaya't Kami ay kumuha ng kabayaran mula sa kanila. Sila ay Aming nilunod sa dagat, sapagkat itinakwil nila ang Aming Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.), at sila ay pabaya na kumuha ng babala mula sa kanila. 137. At Aming ginawa ang mga tao na itinuturing na mahina, na (kanilang) manahin

ang mga silangang bahagi ng kalupaan at mga kanlurang bahagi niyaon na Aming binasbasan. Ang makatarungang pangako ng inyong Panginoon ay natupad para sa Angkan ng Israel dahilan sa kanilang pagbabata. At ganap Naming winasak ang lahat ng malalaking gawa at mga gusali na itinayo ni Paraon at ng kanyang mga tao.

138. At Aming dinala ang Angkan ng Israel (na ligtas) sa kabilang panig ng dagat, at sila ay sumapit sa isang pamayanan na may pagdedebosyon sa ilan sa kanilang mga imahen (pagsamba sa diyus-diyosan). Sila ay nagsabi: "O Moises! Gumawa ka sa amin ng isang diyos sapagkat sila ay may mga diyos." Siya ay nagturing: "Katotohanang kayo ay mga tao na hindi nakakatalos (ng Kamahalan at Kadakilaan ni Allah, at kung ano ang ipinag-uutos sa inyo, alalaong baga, ang huwag sumamba sa iba pa maliban lamang kay Allah, ang Nag-iisa at Tanging Diyos ng lahat ng mga nilalang). 139. (Si Moises ay muling bumanggit): "Katotohanan, ang mga taong ito at ang kanilang pinagkakaabalahan (na pagsamba sa mga diyus-diyosan) ay wawasakin. At ang lahat ng kanilang ginagawa ay walang saysay." 140. Siya (Moises) ay nagsabi: "Ako baga ay hahanap para sa inyo ng isang diyos maliban pa kay Allah, samantalang Kanyang binigyan kayo ng mataas na katatayuan na higit sa lahat ng mga nilalang (ng inyong panahon)." 141. At (gunitain) nang Aming iniligtas kayo mula sa mga tao ni Paraon, na nagpapahirap sa inyo ng pinakamatinding kaparusahan, na pumapatay sa inyong mga anak na lalaki, at hinahayaang mabuhay ang inyong kababaihan. At dito ay mayroong isang malaking pagsubok mula sa inyong Panginoon.

142. At Aming itinalaga kay Moises ang tatlumpung gabi

at idinagdag (sa bilang na ito) ang sampu (pa), at kanyang naganap ang taning na itinalaga ng kanyang Panginoon, na apatnapung gabi. At si Moises ay nagsabi sa kanyang kapatid na si Aaron: "Ikaw ang humalili sa akin sa lipon ng aking mga tao, gumawa ka sa tamang landas (na mag-utos sa mga tao na sundin si Allah at sambahin lamang Siya) at huwag mong sundin ang landas ng Mufsidun (mga mapaggawa ng kabuktutan, tampalasan, makasalanan, atbp.)." 143. At nang si Moises ay dumating sa oras at lugar na Aming itinalaga, at ang kanyang Panginoon ay nangusap sa kanya, siya ay nagsabi: "O aking Panginoon! Ipakita Ninyo sa akin (ang Inyong Sarili), upang ako ay makamalas sa Inyo." Si Allah ay nagwika: "Hindi mo ako mamamasdan, datapuwa't tumingin ka sa bundok, kung ito ay patuloy na nakatindig sa kanyang lugar, Ako ay iyong mamamasdan." Kaya't nang ang kanyang Panginoon ay magpakita sa bundok (ang pagpapakita ni Allah sa bundok ay napakaliit lamang [na bahagi] ng Kanyang sarili. Ito ay humigit-kumulang sa dulo lamang ng isang daliri ayon sa pagpapaliwanag ng Propeta), Kanyang hinayaan na maguho ito, at si Moises ay napahindusay na walang malay. Nang siya ay pagbalikan ng ulirat, siya ay nagsabi: "Ang Kaluwalhatian ay Sumainyo, ako ay bumabaling sa Inyo sa pagsisisi at ako ang una sa mga sumasampalataya."

144. (Si Allah) ay nagwika: "O Moises, ikaw ay Aking hinirang ng higit sa ibang lalaki sa pamamagitan ng Aking mga Mensahe, at ng Aking pakikipag-usap (sa iyo). Kaya't pananganan mo ang Aking ipinagkaloob sa iyo at maging isa sa mga may pagtingin ng pasasalamat (sa Akin)." 145. At isinulat Namin para sa kanya sa mga Tableta (Kalatas)

ang mga aral na maaaring makuha sa lahat ng bagay at ang kapaliwanagan ng lahat ng bagay (at Kami ay nagwika): "Manangan ka rito ng may katatagan at pagtagubilinan mo ang iyong pamayanan na kunin ang mabubuti rito. Ipamamalas Ko sa iyo ang tahanan ng Al-Fasiqun (mga mapaghimagsik at palasuway kay Allah). 146. Aking (Allah) itatalikod sa Aking Ayat (mga kapahayagan, katibayan, aral, tanda, atbp.) ang (mga tao) na nag-uugali ng kapalaluan sa kalupaan sa maling paraan, at (kahit na) makita nilang lahat ang Ayat (mga kapahayagan, aral, tanda, katibayan, atbp.), sila ay hindi mananampalataya rito. At kung kanilang makita ang daan ng kabutihan (paniniwala sa Nag-iisang Diyos, kabanalan at mabuting gawa), hindi nila ito yayakapin bilang isang landas, datapuwa't kung kanilang makita ang landas ng kamalian (pagsamba sa diyus-diyosan, krimen at masasamang gawa), kanilang yayakapin ang gayong landas, ito'y sa dahilang itinakwil nila ang Aming Ayat (mga kapahayagan, katibayan, aral, tanda, atbp.) at hindi nakikinig (na matuto ng aral) na manggagaling dito. 147. Sila na nagtatatwa ng Aming Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.) at ng Pakikipagtipan sa Kabilang Buhay (Araw ng Muling Pagkabuhay), walang saysay ang kanilang mga gawa. Sila baga'y umaasam na sila ay gagantimpalaan ng anuman maliban sa kung ano ang kanilang ginawa?

148. At ang pamayanan ni Moises ay gumawa, samantalang siya ay wala, mula sa kanilang mga palamuti (alahas), ng isang imahen ng baka (upang sambahin). Ito ay mayroong tunog (na wari bang umuunga). Hindi ba nila napagmamalas na ito ay hindi nakakapagsalita sa kanila

at hindi rin makakapamatnubay sa kanila sa (tuwid) na landas? Tinangkilik nila ito bilang sinasamba at sila ay Zalimun (mga mapaggawa ng kamalian, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, tampalasan, buhong, atbp.). 149. At nang sila ay nagsisi (sa kamalian) at kanilang namasdan na sila ay napaligaw nang malayo, sila (ay nagtika at) nagsabi: "Kung ang aming Panginoon ay walang habag sa amin at kami ay hindi (Niya) patatawarin, katiyakang kami ay magiging mga talunan." 150. At nang si Moises ay magbalik sa kanyang pamayanan, na may galit at nagdadalamhati, siya ay nagsabi: "Isang masamang bagay ang inyong ginawa (alalaong baga, ang pagsamba sa imaheng baka) habang ako ay wala. Kayo baga'y nagmadali at nanguna na ipalabas ang kahatulan ng inyong Panginoon (nang iniwan ninyo ang pagsamba sa Kanya)? At kanyang ipinukol ang mga Tableta (Kalatas) at kanyang sinakmal ang kanyang kapatid (sa buhok) ng kanyang ulo at kanyang kinaladkad siya patungo sa kanya. Si Aaron ay nagsabi: "O anak ng aking ina! Katotohanan, ang mga tao ay naghusga sa akin (na ako ay) mahina at malapit na nila akong patayin, kaya't huwag mong hayaan ang mga kaaway ay mangagalak sa akin, gayundin, ako ay huwag mong isama sa lipon ng mga tao na Zalimun (mga buktot at tampalasan, makasalanan, atbp.)." 151. Si Moises ay nagsabi: "O aking Panginoon! Inyong patawarin ako at ang aking kapatid, at kami ay hayaan Ninyong makapasok sa Inyong Habag, sapagkat Kayo ang Pinakamaawain sa mga nagpapamalas ng habag."

152. Katiyakan, sila na tumangkilik sa baka (upang sambahin), ang poot ng kanilang Panginoon at pagkaaba ang sasapit sa kanila sa buhay sa mundong ito. Sa ganito

Namin binabayaran ang gumagawa ng mga kabulaanan. 153. Datapuwa't sila na nagsigawa ng masasamang gawa at pagkatapos ay nagtika at sumampalataya, katiyakang ang inyong Panginoon, (magkagayunman) ay katotohanang Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

154. At nang ang poot ni Moises ay humupa na, kanyang kinuha ang mga Tableta (Kalatas), ang mga nasusulat (dito) ay patnubay at habag sa mga may pangangamba sa kanilang Panginoon. 155. At si Moises ay humirang sa kanyang pamayanan ng pitumpong (pinakamahuhusay) na lalaki tungo sa Aming natatakdaang oras at lugar ng pakikipagtipan, at nang sila ay sakmalin ng isang matinding lindol, siya ay nagsabi: "O aking Panginoon, kung ito ay Inyo lamang ninais, sila at ako ay maaari Ninyong wasakin kahit noon pa, kami ba ay wawasakin Ninyo dahilan sa mga gawa ng mga buktot sa lipon namin? Tanging sa pamamagitan lamang ng Inyong pagsubok Kayo ay namamatnubay sa sinumang Inyong maibigan, at nagliligaw at namamatnubay sa sinumang Inyong naisin. Kayo po ang aming Wali (Tagapangalaga), kaya't Inyong patawarin kami at bigyan ng Habag, sapagkat Kayo ang Pinakamainam sa mga nagpapatawad. 156. At ipagkaloob Ninyo sa amin ang mabuti sa mundong ito at sa Kabilang Buhay. Katiyakang kami ay bumabaling sa Inyo." Siya (Allah) ay nagwika: "(At sa) Aking kaparusahan, Aking binibigyang sakit ang sinumang Aking maibigan at ang Aking Habag ay nakakasakop sa lahat ng bagay. Ang (Habag) na ito ay Aking itatalaga sa Muttaqun (mga matimtiman at matutuwid na tao na umiiwas sa lahat ng masama at gumagawa ng lahat ng mabuti), at sa nagbibigay

ng Zakah (katungkulang kawanggawa); at sa mga nananalig sa Aming Ayat (mga katibayan, aral, tanda, kapahayagan, atbp.). 157. Sila na sumusunod sa Tagapagbalita, ang Propeta na hindi nakakabasa at hindi nakakasulat (Muhammad) na kanilang matatagpuan na nasusulat sa Torah (mga Batas) at sa Ebanghelyo, - siya ay nagtatagubilin sa kanila ng Al-Ma'ruf (ang Kaisahan ni Allah at lahat ng Kanyang mga ipinag-uutos) at nagbabawal sa kanila sa Al-Munkar (kawalan ng paniniwala, pagsamba sa diyus-diyosan at lahat ng masasama na ipinagbabawal sa Islam); kanyang pinahihintulutan sila sa At-Tayyibat ([lahat ng mabuti at pinapayagan], tungkol sa mga bagay-bagay, mga gawa, mga paniniwala, mga tao, mga pagkain, atbp.), at nagbabawal sa kanila sa mga hindi pinahihintulutan, bilang Al-Khabaith (ang lahat ng kasamaan at hindi pinahihintulutan tungkol sa mga bagay-bagay, mga gawa, mga paniniwala, mga tao, mga pagkain, atbp.), kanyang niluluwagan sila sa mabibigat na pasanin (ng Kasunduan kay Allah), at sa mga tanikala (ng pananagutan) na nakaatang sa kanila. Kaya't sa kanila na nananalig sa kanya (Muhammad), inyong parangalan siya, tulungan siya at sundin ang Liwanag (ang Qur'an) na ipinanaog sa kanya, (at) sila ang magiging matatagumpay.

158. Ipagbadya (O Muhammad): "O sangkatauhan! Katotohanang ako ay isinugo sa inyong lahat bilang isang Tagapagbalita ni Allah, - Siya na nag-aangkin ng kapamahalaan ng mga kalangitan at ng kalupaan. La ilah ill Allah (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah); Siya ang naggagawad ng buhay at nagpapapangyari sa kamatayan. Kaya't manampalataya kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita

(Muhammad), ang Propeta na hindi nakakabasa at hindi nakakasulat (Muhammad), na sumasampalataya kay Allah at sa Kanyang mga Salita (sa Qur'an, sa Torah [mga Batas] at sa Ebanghelyo at gayundin sa Salita ni Allah na: 'Mangyari nga!' At nangyari nga, alalaong baga, si Hesus na anak ni Maria), at siya ay inyong sundin upang kayo ay mapatnubayan." 159. At sa lipon ng mga tao ni Moises ay mayroong isang pamayanan na umaakay (sa mga tao) ng may katotohanan at nagtatatag dito ng katarungan (alalaong baga, humahatol sa mga tao ng may katotohanan at katarungan).

160. At Aming pinagbaha-bahagi sila sa labingdalawang tribo (bilang namumukod) na mga bansa (pamayanan). Aming pinag-utusan si Moises na may inspirasyon, nang ang kanyang pamayanan ay humingi sa kanya ng tubig, (at Kami ay nagwika): "Paluin mo ang bato ng iyong tungkod." At pumulandit mula rito ang labindalawang batis: ang bawat pangkat ay nakakaalam ng kanilang lugar ng tubig. Aming (Allah) nilimliman sila ng mga ulap at Aming ipinanaog sa kanila ang Manna (isang uri ng matamis na ngatain), at ng mga pugo, (na nagsasabi): "Kumain kayo ng mabubuting bagay na Aming ipinagkaloob sa inyo." Kami (Allah) ay hindi nila mapipinsala, datapuwa't pinipinsala (sinasaktan) nila ang kanilang sarili. 161. At (gunitain) nang ito ay sabihin sa kanila: "Magsipanirahan kayo sa bayang ito (Herusalem) at kumain kayo rito ng anumang inyong maibigan, at magsabi, "(O Allah), patawarin Ninyo ang aming mga kasalanan"; at magsipasok sa tarangkahan na nagpapatirapa (na nakayukod sa kapakumbabaan). Ipatatawad Namin sa inyo ang inyong mga kamalian. Aming pararamihin (ang

pabuya) sa mga gumagawa ng kabutihan. 162. Datapuwa't sila na nasa kanilang lipon na gumawa ng kamalian ay nagpalit (bumago) sa salita na ipinangusap sa kanila. Kaya't Aming ipinadala sa kanila ang isang kaparusahan mula sa langit bilang ganti sa kanilang mga maling gawa.

163. At iyong tanungin sila (O Muhammad), tungkol sa bayan na nasa gilid ng dagat. Pagmasdan! Nang sila ay lumabag sa bagay (kautusan) ng Sabbath (Sabado): nang ang isda ay lantarang lumapit sa kanila sa araw ng Sabbath at hindi pumaroon sa kanila sa araw na wala silang Sabbath. Kaya't sila ay Aming sinubukan sapagkat sila ay naghimagsik (tunghayan ang Qur'an 4:154). 164. At nang ang (isang) pamayanan sa lipon nila ay nagsabi: "Bakit kayo nangangaral sa mga tao, na napipintong wasakin ni Allah o parusahan sila ng matinding kaparusahan?" (Ang mga nangangaral) ay nagsabi: "Upang kami ay maging malaya sa kasalanan (o pag-uusig ng budhi) sa harapan ng inyong Panginoon (Allah), at marahil, sila ay magkaroon ng pangangamba kay Allah."

165. Kaya't nang kanilang malimutan ang paala-ala na ibinigay sa kanila, Aming iniligtas sila na nagbabawal sa kasamaan, datapuwa't Aming nilagom ang mga gumawa ng kamalian ng isang matinding kaparusahan sapagkat sila ay naghimagsik (sumuway kay Allah). 166. Kaya't nang sila ay lumagpas na sa mga hangganan ng bagay na ipinagbabawal sa kanila, Kami ay nagwika sa kanila: "Maging unggoy kayo, na kinasusuklaman at itinatakwil." (Ito ay isang mabigat na babala sa sangkatauhan na sila ay hindi marapat na sumuway sa bagay na ipinag-uutos sa kanila ni Allah, at maging malayo sa bagay na Kanyang ipinagbabawal).

167. At (alalahanin) nang ang inyong Panginoon ay magpahayag na katiyakang magpapatuloy Siya sa pagpaparating (ng sumpa o kaparusahan) laban sa kanila (alalaong baga, ang mga Hudyo), hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sila na nagbibigay pasakit sa kanila (mga sumasampalataya) ng kaaba-abang kaparusahan. Katotohanan, ang inyong Panginoon ay Maagap sa Pagbabayad (sa mga palasuway, buhong, atbp.) at katiyakang Siya ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain (sa mga masunurin at naninikluhod sa kapatawaran ni Allah).
168. At Aming pinagbaha-bahagi sila (alalaong baga, ang mga Hudyo) sa maraming pangkatin dito sa kalupaan, ang ilan sa kanila ay matutuwid at ang iba ay malayo (sa katuwiran). At Aming sinubukan sila ng mabubuting (biyaya) at kasamaan (mga kapinsalaan), upang sila ay bumaling (sa kapatawaran ni Allah).
169. At pagkaraan nila ay sumunod ang (isang masamang) saling lahi na nakamana sa Aklat, datapuwa't pinili nila (sa kanilang sarili) ang mga paninda ng payak (o mababang) buhay (ang masamang ligaya ng mundong ito) na nagsasabi (bilang pagdadahilan): "(Ang lahat ng bagay) ay ipatatawad sa atin." At kung sakaling (muli), na ang katulad na alay (ng masamang ligaya ng mundong ito) ay dumatal sa kanila, muli silang mananamantala na gawin ito (gagawin nila ang mga kasalanang yaon). Hindi baga ang kasunduan ng Aklat ay kinuha sa kanila, na hindi sila magsasalita ng anuman tungkol kay Allah maliban sa katotohanan? At sila ay nag-aral kung ano ang nasa loob nito (ng Aklat). At ang Tahanan ng Kabilang Buhay ay higit na mainan sa Al-Muttaqun (mga matimtimang tao sa kabanalan at mapaggawa ng

mga kabutihan at masunurin kay Allah). Hindi baga kayo nakakaunawa? 170. At sa kanila na nananangan nang matimtiman sa Aklat (alalaong baga, gumagawa ng ayon sa mga turo nito), at nag-aalay ng pagdarasal nang mahinusay (Iqamat-us-Salat), katiyakang hindi Namin kailanman sasayangin ang gantimpala ng mga gumagawa ng kabutihan. 171. At (gunitain) nang Aming itinaas ang bundok sa ibabaw nila, na wari bang ito ay isang talukbong, at sila ay nag-akala na ito ay mahuhulog sa kanila. (Kami [Allah] ay nagwika): "Manangan kayo nang matatag sa bagay na Aming ipinagkaloob sa inyo (alalaong baga ang Torah [mga Batas]), at alalahanin kung ano ang naririto (gumawa ng ayon sa pag-uutos nito), upang inyong pangambahan si Allah at Siya ay (inyong) sundin."

172. At (gunitain) nang ang inyong Panginoon ay maglabas (magpaanak) mula sa angkan ni Adan, mula sa kanilang mga himaymay, ng kanilang binhi (o mula sa himaymay ni Adan, ang kanyang mga anak at kaanak-anakan), at ginawa sila na sumaksi sa kanilang sarili (na [kami] ay nagsasabi): "Hindi baga Ako ang inyong Panginoon?" Sila ay nagsabi: "Oo! Kami ay sumasaksi," (marahil) baka ninyo sabihin sa Araw ng Muling Pagkabuhay: "Katotohanang kami ay hindi nakakaalam nito." 173. O baka inyong sabihin: "Sila lamang na aming mga ninuno noong panahong sinauna ang tumangkilik sa iba pa bilang mga katambal sa pagsamba kay Allah, at kami (lamang) ay kanilang mga saling-lahi pagkaraan nila; Inyo bagang wawasakin kami dahilan sa mga gawa ng mga tao na nagsagawa ng Al-Batil (alalaong baga, ang pagsamba sa diyus-diyosan, paggawa ng krimen at kasalanan, paninikluhod sa iba pa sa pagsamba maliban

pa kay Allah)?" 174. Sa ganito Namin ipinapaliwanag ang Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.) sa masusing paraan, upang sila ay magbalik (sa Katotohanan).

175. At dalitin mo (O Muhammad) sa kanila ang kasaysayan niya na Aming ginawaran ng Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.), datapuwa't kanyang itinapon ito nang malayo, kaya't sinundan siya ni Satanas, at siya ay napasama sa mga naligaw ng landas. 176. At kung Amin lamang ninais, katiyakang Aming itinaas siya rito (sa katuwiran), datapuwa't kumapit siya sa kalupaan at sumunod sa kanyang palalong pagnanasa. Kaya't ang kanyang larawan ay larawan ng isang aso; kung siya ay iyong itaboy, kanyang inilalabas ang kanyang dila, o kung siya ay iyong hayaang mag-isa, patuloy (pa rin) niyang inilalawit ang kanyang dila. Ito ang larawan ng mga tao na nagtatakwil sa Aming Ayat (mga kapahayagan, katibayan, aral, tanda, atbp.). Kaya't iyong isalaysay ang kanilang kasaysayan, marahil sila ay magmumuni-muni. 177. Kasamaan ang kahalintulad ng mga tao na nagtatakwil sa Aming Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.), at nagtataboy sa kanilang sarili sa kamalian. 178. Sinumang patnubayan ni Allah, siya ay napapatnubayan, at sinuman ang Kanyang dalhin sa pagkaligaw, sila, sila ang mga talunan!

179. At katiyakang Aming nilikha ang marami sa mga Jinn at sangkatauhan tungo sa Impiyerno. Sila ay may puso na hindi nakakaunawa, sila ay may mga mata na hindi nakakakita, at sila ay may mga tainga na hindi nakakarinig (ng Katotohanan). Sila ay katulad ng bakahan (hayupan), hindi, higit silang napapaligaw. Sila! Sila ang walang iniintindi. 180. At (ang lahat) ng Pinakamagagandang

Pangalan ay angkin ni Allah, kaya't Siya ay tawagin ninyo sa mga Pangalang yaon, at iwan ninyo ang mga pangkat ng nagpapabulaan o nagkakaila (o umuusal ng walang galang na salita) sa Kanyang Pangalan. Sila ay gagantihan sa kanilang mga ginawa. 181. At sa lipon nila na Aming nilikha, mayroong pamayanan na namamatnubay (sa mga iba) sa katotohanan, at dito ay nagtitindig ng katarungan. 182. Sila na nagtatakwil ng Aming Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.), sila ay unti-unti Naming sasakmalin ng kaparusahan sa paraang hindi nila napag-aakala. 183. At Aking bibigyan sila ng palugit; katiyakang ang Aking balak ay matibay.

184. Hindi baga sila nagmumuni-muni? Walang anumang pagkasira ng isip sa kanilang kasama (Muhammad, alalaong baga, siya ay hindi nababaliw). Siya ay isa lamang lantad na tagapagbabala. 185. Hindi baga nila napagmamalas ang pangingibabaw ng mga kalangitan at kalupaan at lahat ng mga bagay na nilikha ni Allah, at maaaring ang katapusan ng kanilang buhay ay malapit na. Sa anong mensahe pagkaraan nito, sila pa ay sasampalataya? 186. Sinumang dalhin ni Allah sa pagkaligaw, walang sinuman ang makakapamatnubay sa kanya; at hinahayaan Niyang lumibot-libot sila na mga bulag sa kanilang pagmamalabis sa paglabag. 187. Sila ay nagtatanong sa iyo (O Muhammad) hinggil sa Oras (Araw ng Muling Pagkabuhay): "Kailan kaya ang kanyang natatakdaang oras?" Ipagbadya: "Ang karunungan dito ay nasa aking Panginoon (lamang). Walang sinuman ang makakapagpahayag ng kanyang takdang oras maliban sa Kanya. Mabigat ang dalahin nito sa lahat ng dako ng mga kalangitan at kalupaan. Ito ay hindi daratal sa inyo maliban na ito ay biglang-bigla (walang babala)." Sila ay nagtatanong

sa iyo (O Muhammad) na wari bang ikaw ay mayroong ganap na kaalaman dito. Ipagbadya: "Ang kaalaman dito ay (tanging) na kay Allah lamang, datapuwa't ang karamihan sa sangkatauhan ay hindi nakakaalam." 188. Ipagbadya (O Muhammad): "Ako ay walang pinanghahawakang kapangyarihan o kapakinabangan o kapinsalaan sa aking sarili malibang pahintulutan ni Allah. Kung ako lamang ay may kaalaman sa Al-Ghaib (mga bagay na nakalingid, o Kabilang Buhay), ginawa ko na sa aking sarili na makapagtabi ng malaking kayamanan, at walang anumang pasakit (kasamaan) ang maaaring sumapit sa akin. Ako ay isa lamang tagapagbabala at isang tagapagdala ng masayang balita sa mga tao na sumasampalataya."

189. Siya (Allah) ang lumikha sa inyo mula sa nag-iisang tao (Adan), at Kanyang nilikha mula sa kanya ang kanyang asawa (Eba), upang kanyang madama ang kasiyahan na mamuhay sa piling niya. Nang siya (ang tao) ay magkaroon ng pakikipagtalik sa kanya, siya ay nagdalangtao at kanyang dinala ito na hindi naman kabigatan. At nang ito ay maging mabigat, kapwa sila ay nanalangin kay Allah, ang kanilang Panginoon, (na nagsasabi): "Kung Kayo ay magkakaloob sa amin ng isang Salih (isang bata na mabuti sa lahat ng bagay), katotohanang kami ay mapapabilang sa lipon ng mga tumatanaw ng pasasalamat." 190. Datapuwa't nang Kanyang binigyan sila ng isang Salih (isang bata na mabuti sa lahat ng bagay), sila ay nag-akibat ng mga katambal (sa pangalan lamang at hindi sa pagsamba) sa Kanya (Allah), sa bagay na Kanyang ipinagkaloob sa kanila. Mataas si Allah, Siya ang Kataas-taasan sa lahat ng kanilang mga itinataguri bilang katambal sa Kanya. 191. Sila baga ay nagtataguri ng

mga katambal kay Allah, sa kanila (mga diyus-diyosan) na walang anumang nilikha, bagkus ay sila ang nilikha? 192. Walang anumang tulong ang maibibigay nila sa kanila, gayundin naman, ay hindi nila matutulungan ang kanilang sarili. 193. At kung inyo silang tatawagan tungo sa patnubay, sila ay hindi susunod sa inyo. Ito ay walang pagkakaiba sa inyo kahima't sila ay inyong tawagin o manatili kayong tahimik. 194. Katotohanan, ang inyong pinaninikluhuran na mga iba maliban pa kay Allah ay mga alipin na katulad ninyo. Kaya't sila ay inyong panikluhuran (mga diyus-diyosan) at hayaang kayo ay sagutin nila, kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan.

195. Sila baga ay may mga paa na rito sila ay lumalakad? O sila ba ay may mga kamay na rito sila ay humahawak? O sila ba ay may mga mata na rito sila ay nakakakita? O sila ba ay may mga tainga na rito sila ay nakakarinig? Ipagbadya (O Muhammad): "Tawagin ninyo (ang inyong iniaakibat) na mga katambal (kay Allah) at kayo ay gumawa ng balak sa akin, at huwag ninyo akong bigyan ng palugit na panahon! 196. Katotohanan, ang aking Wali (Tagapangalaga, Tagapagtaguyod at Kawaksi, atbp.) ay si Allah, na nagpahayag ng Aklat (ang Qur'an), at Siya ang nangangalaga (nagtataguyod at tumutulong) sa mga matutuwid." 197. At yaong mga tinatawagan ninyo na mga iba maliban pa sa Kanya (Allah) ay hindi makakatulong sa inyo, gayundin naman ay hindi nila matutulungan ang kanilang sarili." 198. At kung sila ay inyong panikluhuran sa patnubay, sila ay hindi nakakarinig at mamamalas ninyo na sila ay tumitingin sa inyo, datapuwa't sila ay hindi nakakakita.

199. Magpakita kayo ng pagpapatawad, magtagubilin

kung ano ang mabuti at lumayo kayo sa mga luko-luko (alalaong baga, huwag ninyo silang parusahan). 200. At kung ang masamang bulong ay lumapit sa inyo mula kay Satanas, kayo ay humanap ng kalinga (kaligtasan) kay Allah. Katotohanang Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam. 201. Katotohanan, sila na matimtiman sa kabutihan; kung ang isang masamang isipin ay dumatal sa kanila mula kay Satanas, sila ay nakakaala-ala (kay Allah), at katotohanang sila ay nakakakita (ng matuwid). 202. Datapuwa't (tungkol) sa kanilang mga kapatid (mga masasamang kapatid), sila (mga diyablo) ay naghuhulog sa kanila sa malalim na kamalian, sila ay hindi tumitigil kung ito ay hindi pa ganap.

203. At kung ikaw ay hindi naghahatid sa kanila ng isang Himala (ayon sa kanilang [mga paganong Quraish] mungkahi), sila ay nagsasabi: "Bakit hindi mo dinala ito sa amin?" Ipagbadya: "Sinusunod ko lamang kung ano ang ipinahayag sa akin mula sa aking Panginoon. Ito (ang Qur'an) ay wala ng iba maliban na mga katibayan mula sa inyong Panginoon, at isang Patnubay at isang Habag sa mga tao na sumasampalataya." 204. Kaya't kung ang Qur'an ay dinadalit, kayo ay makinig dito, at maging tahimik upang kayo ay makatanggap ng habag (alalaong baga, sa oras ng sama-samang pagdarasal kung ang Imam [namumuno o namamahala sa Moske] ay namumuno sa pagdarasal, at gayundin, kung siya ay nagbibigay ng pangaral [sermon] sa pang-Biyernes na panalangin). 205. At iyong alalahanin (ikaw na bumabasa!), ang iyong Panginoon sa (pamamagitan) ng iyong dila at sa loob ng iyong sarili (sa kaluluwa), na mapagkumbaba at may pangangamba at walang kaingayan

sa (mga) umaga, at sa (mga) hapon, at huwag kayong sumama sa kanila na nagpapabaya. 206. Katotohanan, ang (mga anghel) na nasa (piling) ng kanilang Panginoon ay hindi kailanman naging lubhang palalo sa pagsasagawa ng mga gawa ng pagsamba sa Kanya, bagkus, sila ay lumuluwalhati ng papuri sa Kanya at sila ay nagpapatirapa sa Kanya.

Surah 8 • Surat Al-Anfal

Ang Mga Napanalunan sa Digmaan

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Sila ay nagtatanong sa iyo (O Muhammad) hinggil sa mga napanalunan sa digmaan. Ipagbadya: "Ang mga napanalunan sa digmaan ay para kay Allah at sa Tagapagbalita." Kaya't pangambahan ninyo si Allah at inyong ayusin ang lahat ng bagay ng pagkakahidwa sa inyong lipon, at inyong sundin si Allah at ang Kanyang Tagapagbalita (Muhammad), kung kayo ay sumasampalataya. 2. Ang mga sumasampalataya ay sila, na kung ang Pangalan ni Allah ay nababanggit, ay nagkakaroon ng pangamba sa kanilang puso at kung ang Kanyang mga Talata (Qu'ran) ay dinadalit sa kanila, (na katulad ng ganitong mga talata) ay nagpapaalab sa kanilang Pananalig; at sila ay naglalagay ng kanilang pagtitiwala sa kanilang Panginoon (lamang); 3. Na nag-aalay ng pagdarasal nang mahinusay (Iqamat-as-Salat) at gumugugol mula sa (mga) bagay na Aming ipinagkaloob sa kanila. 4. Sila ang mga sumasampalataya sa katotohanan. Sasakanila ang

mga antas ng karangalan na nasa kanilang Panginoon, at Pagpapatawad at masaganang panustos (sa Paraiso).

5. Pinapangyari ng iyong Panginoon (O Muhammad) na ikaw ay lumabas mula sa iyong tahanan na may (dalang) katotohanan, at tunay ngang mayroong pangkat sa lipon ng mga sumasampalataya ang dito ay hindi nalulugod; 6. Na nakikipagtalo sa iyo hinggil sa katotohanan, matapos na ito ay maging maliwanag, na wari bang sila ay itinaboy sa kamatayan, habang sila (rito) ay nakamata. 7. At (gunitain) nang si Allah ay mangako sa inyo (O mga Muslim), ang isa sa dalawang pangkat (ng kaaway, maaaring ang mga sandatahan o ang mga naglalakbay), ay marapat na mapasainyo, kayo ay nagnanais na ang mga hindi nasasandatahan (ang naglalakbay) ay maging inyo, datapuwa't si Allah ay nagnais na bigyang katarungan ang Katotohanan sa pamamagitan ng Kanyang mga Salita at upang putulin ang mga ugat ng mga hindi sumasampalataya (alalaong baga, sa digmaan ng Badr), 8. Upang Kanyang mapangyari na ang Katotohanan ay magwagi at palisin ang kabulaanan, kahit na ang Mujrimun (mga hindi sumasampalataya, mapagsamba sa diyus-diyosan, makasalanan, kriminal, atbp.) ay mamuhi rito.

9. (At gunitain) nang kayo ay humingi ng tulong ng inyong Panginoon at Kanyang tinugon kayo (na nagsasabi): "Kayo ay Aking tutulungan (sa pamamagitan) ng isang libong anghel na magkakasunod (sa bawat isa)." 10. Ginawa lamang ito ni Allah bilang magandang balita, at upang ang inyong puso ay maging payapa. At walang anumang tagumpay maliban sa pamamagitan ng tulong ni Allah. Katotohanang si Allah ay Sukdol sa Kapangyarihan, ang

Tigib ng Kaalaman. 11. (At gunitain) nang Kanyang balutan kayo ng pagkaidlip bilang isang kapanatagan mula sa Kanya, at pinapangyari Niya na ang ulan ay manaog sa inyo mula sa alapaap, upang kayo ay malinisan at upang alisin Niya mula sa inyo ang Rijz (mga bulong, masamang isipin, atbp.) ni Satanas, at upang palakasin ang inyong puso at maging matatag ang inyong mga paa. 12. (At gunitain) nang ang inyong Panginoon ay magbigay ng inspirasyon sa mga anghel: "Katotohanang Ako ay nasa inyo, kaya't inyong panatilihin na maging matatag ang mga nananampalataya. Ako (Allah) ay maglalagay ng lagim sa puso ng mga hindi nananampalataya, kaya't sila ay inyong paluin sa kanilang leeg, at inyong hampasin ang lahat ng kanilang mga daliri sa kamay at paa." 13. Ito'y sa dahilang sila ay sumalungat at sumuway kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita. At sinuman ang sumalungat at sumuway kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita, kung gayon, katotohanang si Allah ay mahigpit sa kaparusahan. 14. Ito ang kaparusahan, kaya't (inyong) lasapin ito, at katiyakang sa mga hindi sumasampalataya ay may kaparusahan ng Apoy.

15. O kayong nagsisisampalataya! Kung inyong makatagpo ang mga hindi sumasampalataya sa larangan ng digmaan, kailanman, sila ay huwag ninyong uurungan. 16. At sinuman ang umurong sa kanila sa gayong (piling) araw, - maliban na lamang kung ito ay isang pamamaraan ng pakikidigma, o upang umurong patungo sa isang pangkat (na kabilang sa kanya), - katotohanang hinatak niya sa kanyang sarili ang poot ni Allah. At ang kanyang tirahan ay Impiyerno, at tunay na pagkasama-sama ng gayong hantungan!

17. Sila ay hindi ninyo napatay, datapuwa't si Allah ang

pumatay sa kanila, at ikaw (alalaong baga, si Muhammad) ay hindi (siyang) naghagis nang ikaw ay maghagis (sa kanila), datapuwa't si Allah ang naghagis upang Kanyang masubukan ang mga sumasampalataya sa pamamagitan ng makatarungang pagsubok mula sa Kanya. Katotohanang si Allah ay Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Nakakaalam. 18. Ito (ang katotohanan) at katiyakang si Allah ang nagpahina sa mapanglinlang na mga pakana ng mga hindi sumasampalataya. 19. (O kayong hindi nagsisisampalataya), kung kayo ay humihingi ng kahatulan, ang hatol ay dumatal na ngayon sa inyo, at kung kayo ay titigil (sa paggawa ng kamalian), ito ay higit na mabuti sa inyo, at kung kayo ay magbalik (sa paglusob), Kami rin ay magbabalik, at ang inyong sandatahan ay walang magagawa para sa inyo, kahit na lubha silang marami, at katotohanang si Allah ay nasa panig ng mga sumasampalataya.

20. O kayong nagsisisampalataya! Sundin ninyo si Allah at ang Kanyang Tagapagbalita, at huwag kayong tumalikod sa kanya (alalaong baga, sa Tagapagbalitang si Muhammad) habang kayo ay nakakarinig. 21. At huwag kayong maging katulad nila na nagsasabi (ng): "Kami ay nakakarinig," datapuwa't sila ay walang narinig. 22. Katotohanan! Ang pinakamasama (sa mga kumikilos) at nabubuhay na nilalang sa Paningin ni Allah ay sila na mga bingi at pipi, sila na hindi nakakaunawa (alalaong baga, ang mga hindi sumasampalataya). 23. Kung si Allah ay nakaalam man lamang ng anumang mabuti sa kanila, tunay Niyang magagawa na sila ay makinig, at kahima't sila ay gawin Niyang makinig, sila ay magsisitalikod din, na umaayaw (sa katotohanan).

24. O kayong nagsisisampalataya! Tugunin ninyo si Allah (sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya) at sa (Kanyang) Tagapagbalita kung kayo ay kanyang tawagin sa bagay na magbibigay sa inyo ng buhay (walang hanggang kaligtasan sa Paraiso), at inyong maalaman na si Allah ay dumarating sa pagitan ng tao at ng kanyang puso (alalaong baga, hinahadlangan Niya ang buktot na tao na magpasya sa anumang bagay). At katotohanang kayong (lahat) ay titipunin sa Kanya. 25. At pangambahan ninyo ang Fitnah (kagipitan, pagsubok, atbp.) na hindi lamang nakakaligalig sa mga gumagawa ng kabuktutan (ngunit maaari rin itong makaligalig sa mga mabubuti at masasamang tao), at inyong maalaman na si Allah ay mahigpit sa kaparusahan.

26. At gunitain nang kayo ay iilan lamang at ipinapalagay na mahina sa kalupaan, at natatakot na ang mga tao ay maaaring dumukot sa inyo, subalit Siya ay nagkaloob ng ligtas na lugar sa inyo, Kanyang pinatatag kayo sa Kanyang tulong, at kayo ay ginawaran Niya ng mabuting bagay upang kayo ay magkaroon ng damdamin ng pasasalamat. 27. O kayong nagsisisampalataya! Huwag ninyong ipagkaluno si Allah at ang Kanyang Tagapagbalita, gayundin, huwag ninyong sadyaing ipagkaluno ang inyong Amanah (mga bagay na ipinagkatiwala sa inyo, at lahat ng mga tungkulin na itinalaga sa inyo ni Allah). 28. At inyong maalaman, na ang inyong ari-arian at mga anak ay isa lamang pagsubok at katiyakang na kay Allah ang malaking gantimpala.

29. O kayong nagsisisampalataya! Kung inyong susundin at pangangambahan si Allah, Kanyang pagkakalooban kayo ng Furqan, isang pamantayan (sa paghatol sa pagitan ng tama at mali) o Makhraj (alalaong baga, isang paraan sa

inyo upang makatawid sa bawat kahirapan o kagipitan), at Kanyang babayaran para sa inyo ang inyong mga kasalanan, at Kanyang patatawarin kayo, at si Allah ang nagmamay-ari ng Malaking Kasaganaan. 30. At (gunitain) nang ang mga hindi sumasampalataya ay nagbalak laban sa iyo (O Muhammad) na ikaw ay ipiit, o ikaw ay patayin, o ikaw ay kanilang maitaboy (sa iyong tahanan, alalaong baga, sa Makkah); sila ay nagbabalak, at si Allah rin ay nagbabalak, at si Allah ang pinakamagaling sa lahat ng mga nagbabalak.

31. At kung ang Aming mga Talata (ang Qur'an) ay dinadalit sa kanila, sila ay nagsasabi: "Amin nang napakinggan ito (ang Qur'an); kung aming naisin, makakapangusap kami ng katulad nito. Ito ay wala ng iba maliban sa mga katha nang panahong sinauna." 32. At (gunitain) nang kanilang sinabi: "O Allah! Kung ito (ang Qur'an) ay tunay na Katotohanan (na nahayag) mula sa Inyo, kung gayon, Inyong paulanin ang mga bato sa amin mula sa alapaap at Inyong dalhin sa amin ang kasakit-sakit na kaparusahan." 33. Datapuwa't si Allah ay hindi magpaparusa sa kanila samantalang ikaw (Muhammad) ay nasa lipon nila, at hindi rin Niya parurusahan sila habang sila ay naghahanap ng kapatawaran (ni Allah). 34. At bakit kaya hindi sila marapat na parusahan ni Allah, samantalang sila ay humahadlang (sa mga tao) sa pagtungo sa Al Masjid-al-Haram (ang Banal na Bahay Dalanginan sa Makkah), at sila ay hindi mga tagapangalaga rito? Walang sinuman ang magiging tagapangalaga rito (Al-Masjid Al-Haram) maliban sa Al-Muttaqun (mga matimtiman, mabuti, matuwid na mga tao), datapuwa't ang karamihan sa kanila ay walang nalalaman. 35. Ang kanilang pagdalangin sa Tahanan (ni Allah, alalaong baga, ang

Ka'ba sa Makkah) ay wala ng iba maliban sa pagsutsot at pagpalakpak ng kanilang mga kamay. Kung gayon, inyong lasapin ang kaparusahan dahilan sa inyong kawalan ng pananampalataya.

36. Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya ay gumugugol ng kanilang kayamanan upang hadlangan (ang mga tao) sa Landas ni Allah, kaya't sila ay magpapatuloy sa paggugol nito; datapuwa't sa hulihan, ito ang magdudulot ng dalamhati sa kanila. At hindi maglalaon, sila ay mapapangibabawan. At ang mga hindi sumasampalataya ay titipunin sa Impiyerno, 37. Upang makita ni Allah ang kaibahan ng mga buktot (mga hindi sumasampalataya, mapagsamba sa diyus-diyosan at mga tampalasan) sa mga mabubuti (nananalig sa Kaisahan ni Allah at mapaggawa ng katuwiran), at (Kanyang) mailagay ang mga buktot na patong-patong sa bawat isa at (Kanyang) ihahagis sila nang sama-sama sa Impiyerno. Sila! Sila ang mga talunan.

38. Ipagbadya sa mga hindi nananampalataya, na kung sila ay titigil (sa kawalan ng pananalig), ang kanilang nakaraan ay ipatatawad. Datapuwa't kung sila ay magbalik (sa kawalan ng pananalig), kung gayon, ang mga halimbawa ng mga (naparusahan) na noon ay nauna na (bilang isang babala). 39. At inyong labanan sila hanggang sa mapawi ang Fitnah (kawalan ng pananalig, alalaong baga, ang pagsamba sa iba maliban pa kay Allah) at ang pananampalataya (pagsamba) ay maging tangi lamang kay Allah (sa buong santinakpan). Datapuwa't kung sila ay titigil (sa pagsamba sa iba maliban pa kay Allah), kung gayon, katiyakang si Allah ang Ganap na Nakakaalam ng kanilang ginagawa. 40. At kung sila ay magsitalikod, inyong maalaman na si

Allah ang inyong Maula (Patron, Panginoon, Tagapangalaga at Tagapagtaguyod, atbp.), (gaano Siya) Kagaling na Maula, at (gaano Siya) Kagaling na Kawaksi!

41. At inyong maalaman na ang anumang labing yaman ng digmaan na inyong napakinabang, katotohanan, ang isang lima (1/5) nito ay nakatalaga kay Allah at sa Tagapagbalita at sa mga malalapit na kamag-anak (ng Tagapagbalita, Muhammad), at (gayundin) sa mga ulila, sa mga naghihikahos na nagpapalimos at sa mga naglalakbay, kung kayo ay nagsisampalataya kay Allah at sa mga bagay na Aming ipinanaog sa Aming alipin (Muhammad) sa Araw ng pamantayan (sa pagitan ng tama at mali), sa Araw nang ang dalawang lakas ay magtagpo (sa digmaaan ng Badr) – at si Allah ay makakagawa ng lahat ng bagay.

42. At (gunitain) nang kayo (mga sandatahang Muslim) ay nasa malapit na gilid ng lambak, at sila ay nasa kabilang ibayo, at ang mga pulutong ng naglalakbay ay nasa lugar na mababa sa inyo. Kahima't kayo ay gumawa ng magkasanib na pagtatagpo upang magkita, katiyakang kayo ay mabibigo sa inyong pakikipagtagpo, datapuwa't (kayo ay nagtagpo) upang maisakatuparan ni Allah ang bagay na naitalaga na (sa Kanyang karunungan); upang ang mga wawasakin (dahilan sa kanilang pagtatakwil sa pananampalataya) ay mawasak, matapos ang maliwanag na katibayan, at ang mga (nararapat) na mabuhay (alalaong baga, ang mga sumasampalataya) ay mamuhay matapos ang maliwanag na katibayan. At katiyakang si Allah ay Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam. 43. At (gunitain) nang sila (mga kaaway) ay ipinamalas ni Allah sa inyo na kakaunti lamang, sa iyong (Muhammad) panaginip, kung Kanyang ipinakita

sila na marami, katiyakang kayo ay mawawalan ng lakas ng loob at katiyakang kayo ay magtatalo-talo sa paggawa ng pasya. Datapuwa't iniligtas (kayo) ni Allah. Katiyakang Siya ang Ganap na Nakakaalam kung ano ang nasa mga dibdib (puso). 44. At (gunitain) nang inyong makatagpo (ang mga sandatahan ng mga hindi sumasampalataya sa Araw ng digmaan ng Badr), Kanyang ipinakita sila sa inyo na kakaunti lamang sa inyong paningin at ginawa (rin) Niya na kakaunti kayo sa kanilang paningin upang maisakatuparan ni Allah ang isang bagay na naitakda na (sa Kanyang Kaalaman), at kay Allah ang lahat ng mga bagay ay magbabalik (upang pagpasyahan).

45. O kayong nagsisisampalataya! Kung inyong makatagpo ang puwersa (ng isang kaaway), magkaroon kayo ng matatag na paninindigan laban sa kanila at alalahanin ng higit ang Pangalan ni Allah (kapwa sa dila at isipan), upang kayo ay maging matagumpay. 46. At sundin ninyo si Allah at ang Kanyang Tagapagbalita, at huwag kayong makipagtalo (sa isa't isa), baka kayo ay mawalan ng tapang at ang inyong lakas ay mapalis, at maging matiyaga. Katotohanang si Allah ay nananatili sa mga matitiyaga. 47. At huwag maging katulad ng mga tao na lumalabas sa kanilang tahanan ng may pagmamagaling at upang mamasdan lamang ng mga tao, at humahadlang (sa mga tao) tungo sa Landas ni Allah. At si Allah ay Muhitun (ganap na nakapalibot at nakakaalam) sa lahat ng kanilang ginagawa.

48. At (gunitain) nang si Satanas ay gumawa na ang kanilang (masasamang) gawa ay magiging kalugod-lugod sa kanila, at nagsabi, "Walang sinuman sa sangkatauhan ang makakapanaig sa inyo sa Araw na ito (digmaan ng Badr)

at katotohanang ako ang inyong kapitbahay (sa bawat lahat ng tulong). Datapuwa't nang ang dalawang puwersa (sandatahan) ay makamalas sa isa't isa, siya ay tumalilis at nagsabi, "Katotohanang ako ay walang kinalaman sa inyo. Katotohanan! Ang aking nakikita ay hindi ninyo nakikita. Katotohanan! Ako (Satanas) ay nangangamba kay Allah sapagkat si Allah ay mahigpit sa kaparusahan." 49. Nang ang mga mapagkunwari at sila na ang kanilang puso ay may karamdaman (ng kawalan ng pananalig) ay nagsabi: "Ang mga taong ito (Muslim) ay nadaya ng kanilang pananampalataya." Datapuwa't sinumang maglagay ng kanyang pagtitiwala kay Allah, katiyakang si Allah ay Sukdol sa Kapangyarihan, ang Ganap na Maalam.

50. At kung inyo lamang mapagmamasdan, kung ang mga anghel ay kumukuha ng kaluluwa ng mga hindi sumasampalataya (sa kanilang kamatayan), sila ay humahampas sa kanilang mukha at likuran (na nagsasabi): "Lasapin ninyo ang kaparusahan ng naglalagablab na Apoy." 51. Ito'y dahilan sa mga ginawa (inihantong) ng inyong kamay. At katotohanang si Allah ay makatarungan sa Kanyang mga alipin. 52. (Ang kanilang pag-uugali) ay katulad ng mga pag-uugali ng mga Tao ni Paraon, at ng mga nauna sa kanila; kanilang itinakwil ang Ayat (mga katibayan, tanda, kapahayagan, aral, atbp.) ni Allah, kaya't pinarusahan sila ni Allah dahilan sa kanilang kasalanan. Katotohanang si Allah ay Ganap na Malakas, ang mahigpit sa kaparusahan. 53. Ito'y sa dahilang si Allah ay hindi kailanman magpapabago sa biyaya na Kanyang ipinagkakaloob sa mga tao hangga't hindi nila binabago ang kalooban ng kanilang sarili. At katotohanang si Allah ay Ganap na Nakakarinig, ang Ganap

na Nakakaalam. 54· (Ang kanilang pag-uugali) ay katulad ng pag-uugali ng mga Tao ni Paraon, at ng mga nangauna sa kanila. Sila ay nagpabulaan sa Ayat (mga katibayan, talata, aral, tanda, kapahayagan, atbp.) ng kanilang Panginoon, kaya't Aming winasak sila dahilan sa kanilang kasalanan, at Aming nilunod ang mga Tao ni Paraon sapagkat silang lahat ay Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian, buktot, atbp.).

55· Katotohanan, ang pinakamasama sa lahat ng kumikilos (nabubuhay) na nilalang sa Paningin ni Allah ay ang mga hindi sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah, na sumasamba sa iba maliban pa sa Kanya, nagtatakwil sa mga Tagapagbalita, at hindi naniniwala sa Kasulatan), kaya't sila ay hindi (na) mananampalataya. 56· Sila yaon, na inyong ginawan ng kasunduan, datapuwa't sinisira nila ang kanilang kasunduan sa bawat panahon, at sila ay hindi nangangamba kay Allah. 57· Kaya't kung kayo ay naging bihasa na, ng higit sa kanila sa labanan, sila ay inyong parusahan nang matindi upang inyong mapalis ang mga (nagtataguyod) sa likuran nila, upang sila ay magkamit ng aral. 58· Kung ikaw (O Muhammad) ay nangangamba sa kataksilan mula sa sinumang pangkat, iyong ipukol (ang kanilang kasunduan) sa kanila (upang ito ay maging) patas (na wala ng kasunduan sa inyong pagitan [ikaw at sila]). Katotohanang si Allah ay hindi nalulugod sa mga taksil.

59· At huwag hayaang mag-akala ang mga hindi sumasampalataya na sila ay makakalampas (makakatakas sa kaparusahan). Katotohanang hindi nila magagawang iligtas ang kanilang sarili (sa kaparusahan ni Allah). 60· At gawin ninyong handa laban sa kanila ang lahat ninyong

magagawa ng inyong lakas, kasama ang mga kabayo ng digmaan (kasama ang iba pang mapamuksang sandata), upang takutin ang kaaway ni Allah at inyong kaaway, at mga iba pa na hindi ninyo nalalaman, subalit nababatid ni Allah. At ang anumang inyong gugulin sa Kapakanan ni Allah ay babayaran sa inyo, at kayo ay hindi pakikitunguhan ng walang katarungan. 61. Datapuwa't kung sila ay humilig sa kapayapaan, humilig din kayo rito, at (inyong ilagay) ang pagtitiwala kay Allah. Katotohanang Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam. 62. At kung sila ay magnais na kayo ay dayain, kung gayon, katotohanang si Allah ay Lubos na Sapat para sa inyo. Siya ang nagtataguyod sa inyo sa pamamagitan ng Kanyang tulong, at sa mga sumasampalataya. 63. At Kanyang pinag-isa ang kanilang (mga nananampalataya) puso. At kung iyo mang gugulin ang lahat ng nasa kalupaan, hindi mo magagawa na pag-isahin ang kanilang puso, datapuwa't si Allah ang nagbigay ng pagkakaisa sa kanila. Katiyakang Siya ay Ganap na Makapangyarihan, ang Puspos ng Kaalaman.

64. O Propeta (Muhammad)! Sapat na sa iyo si Allah, gayundin sa kanila na sumusunod sa iyo, na mga sumasampalataya. 65. O Propeta (Muhammad)! Papag-alabin mo ang mga sumasampalataya na makipaglaban. Kung mayroong dalawampung matimtiman sa lipon ninyo, kanilang magagapi ang dalawang daan, at kung mayroong isang daang matimtiman, kanilang madadaig ang isang libong hindi sumasampalataya, sapagkat sila (na hindi sumasampalataya) ay mga tao na hindi nakakaunawa. 66. Sa ngayon ay pinagaan ni Allah ang inyong (tungkulin), sapagkat batid Niya na may kahinaan sa inyo. Kaya't kung

mayroon sa inyo na isang daang matimtiman, kanilang madadaig ang dalawang daan, at kung mayroong isang libo sa inyo, kanilang madadaig ang dalawang libo sa kapahintulutan ni Allah. At si Allah ay nananatili sa mga matimtiman.

67. Hindi isang katampatan sa isang propeta na siya ay magkaroon ng mga bihag ng digmaan (at pakawalan dahil may pantubos) hangga't siya ay hindi nakakagawa ng malaking pagpatay (sa lipon ng kanyang mga kaaway) sa kalupaan. Ikaw ay naghahangad ng kabutihan ng mundo (alalaong baga, ang salapi bilang pantubos sa pagpapalaya ng mga bihag), datapuwa't si Allah ay naghahangad (sa inyo) ng Kabilang Buhay. At si Allah ang Pinakamakapangyarihan, ang Tigib ng Kaalaman. 68. Kung ito ay hindi lamang dati ng kautusan mula kay Allah, isang matinding kaparusahan na sana ang daratal sa inyo dahilan sa inyong ginawa. 69. Kaya't kayo ay magsaya sa anumang inyong nakuhang labing yaman ng digmaan, na mabuti at pinahihintulutan, at mangamba kay Allah. Katiyakang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

70. O Propeta! Sabihin mo sa (iyong) mga bihag na sila ay nasa mababuting kamay: "Kung mababatid ni Allah ang anumang mabuti sa inyong puso, Siya ay magkakaloob sa inyo ng bagay na higit na mabuti kaysa sa mga nakuha sa inyo, at Kanyang papatawarin kayo, at si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain." 71. Datapuwa't kung sila ay nagnanais na ikaw (O Muhammad) ay ipagkaluno, noon pa mang una ay ipinagkaluno na nila si Allah. Kaya't ikaw ay binigyan Niya ng kapangyarihan ng higit sa

kanila. At si Allah ay Ganap na Maalam, ang Puspos ng Karunungan.

72. Katotohanan, ang mga nanampalataya, at lumikas, at nagsikap na mainam at nakipaglaban na kasama ang kanilang ari-arian at kanilang buhay sa Kapakanan ni Allah, gayundin ang mga nagbigay (sa kanila) ng silungan at tulong, - sila ang magkakapanalig sa isa't isa. At sa mga nanampalataya datapuwa't hindi nagsilikas (na kasama ka, O Muhammad), ikaw ay walang pananagutan sa kanila na pangalagaan sila hangga't sila ay hindi nagsisilikas, datapuwa't kung sila ay maghanap ng iyong tulong sa pananampalataya, ito ay iyong katungkulan na tulungan sila, maliban na (ito) ay laban sa mga tao na mayroon kayong pinagkasunduan ng pakikianib, at si Allah ang Ganap na Nakakamasid ng inyong ginagawa. 73. At ang mga hindi sumasampalataya ay magkakatuwang sa isa't isa, (at) kung kayo (O mga Muslim na sama-sama sa buong daigdig) ay hindi gumawa nito (alalaong baga, hindi naging magkakaanib bilang nagkakaisang lipon na may isang Khalifa, isang pinunong Muslim, sa buong mundo ng mga Muslim, na gagawing magtagumpay ang pananampalataya ni Allah at ipagbubunyi ang Kanyang Kaisahan), sa inyo ay sasapit ang Fitnah (digmaan, labanan, pagsamba sa diyus-diyosan, pagsubok, atbp.) at pang-aapi sa kalupaan, at isang malaking kabuktutan at kasamaan (ang paglitaw ng pagsamba sa mga diyus-diyosan).

74. At sila na nagsisampalataya, at lumikas, at nagsikap na mainam sa Kapakanan ni Allah (Al-Jihad, ang maka-Diyos na pakikipaglaban), gayundin ang mga nagbigay (sa kanila) ng masisilungan at tulong; - sila nga ang nananampalataya

sa sukdol na katotohanan, sasakanila ang pagpapatawad at Rizqun Karim (isang mabiyayang kasaganaan at panustos, alalaong baga, ang Paraiso). 75. At sila na nagsisampalataya pagkaraan nito, at lumikas, at nagsikap na mainam na kasama ka (O Muhammad sa Landas ni Allah), sila ay nasa iyong panig. Datapuwa't ang pagkakamag-anak sa dugo ay higit na malapit sa isa't isa kung hinggil sa pamana, ayon sa kautusan na itinalaga ni Allah. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ng bagay.

Surah 9 • At-Taubah

Ang Pagtitika sa Kasalanan

1. Isang (pagpapahayag) ng kalayaan (kawalan ng pananagutan) sa (lahat) ng mga katungkulan mula kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita, sa Mushrikun (mga mapagsamba sa maraming diyus-diyosan, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, atbp.), na sa kanila, kayo (mga Muslim) ay gumawa ng kasunduan. 2. Kaya't magsipaglakbay kayo nang malaya (O Mushrikun, mga pagano) sa loob ng apat na buwan (ayon sa inyong nais) sa buong kalupaan, datapuwa't inyong maalaman na kayo ay hindi makakatalilis (sa kaparusahan) ni Allah, at si Allah ay magpapawalang dangal sa mga hindi sumasampalataya. 3. At isang pagpapahayag mula kay Allah at ng Kanyang Tagapagbalita sa sangkatauhan sa dakilang araw (ang ika-10 ng Dhul Hijja, – ang panlabingdalawang buwan ng kalendaryong Islamiko), na si Allah at ang Kanyang Tagapagbalita ay malaya (walang pananagutan) sa lahat ng

mga katungkulan sa Mushrikun (mga pagano, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, atbp.), [alalaong baga, si Allah at ang Kanyang Tagapagbalita ay nagpapawalang saysay ng kasunduan sa mga Pagano]. Kaya't kung kayo (O Mushrikun) ay magsipagtika, ito ay higit na mabuti sa inyo, datapuwa't kung kayo ay magsitalikod, kung gayon, inyong maalaman na kayo ay hindi makakatalilis (sa kaparusahan ni Allah). At magbigay ng balita (O Muhammad) sa mga hindi sumasampalataya ng isang kasakit-sakit na kaparusahan. 4· Maliban sa Mushrikun na mayroon kayong kasunduan, at hindi nagbigay sa inyo ng pagkabigo sa anuman, gayundin, sila ay hindi nagtaguyod sa sinuman na laban sa inyo. Kaya't inyong tuparin ang inyong kasunduan sa kanila hanggang sa katapusan ng takdang araw. Katiyakang si Allah ay nagmamahal sa Al-Muttaqun (mga matimtiman, mabuti, banal, matuwid na tao).

5· At kung ang mga sagradong (banal) buwan (ang una, pampito, panlabing-isa, at panlabingdalawang buwan ng kalendaryong Islamiko) ay matapos, kung gayon, inyong patayin ang Mushrikun kahit saan ninyo matagpuan sila, inyong bihagin sila at salakayin, at maghanda kayo para sa kanila ng isa at lahat ng pagtambang. Datapuwa't kung sila ay magtika at mag-alay ng pagdarasal nang mahinusay (Iqamat-as-Salat), at magbigay ng Zakah (katungkulang kawanggawa), kung gayon, hayaan ang kanilang landas ay maging malaya. Katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 6· At kung sinuman sa Mushrikun (mapagsamba sa maraming diyus-diyosan, pagano, walang pananalig sa kaisahan ni Allah, atbp.) ay

humingi ng inyong pangangalaga, kung gayon, gawaran sila ng pangangalaga, upang kanyang marinig ang Salita ni Allah (ang Qur'an), at inyong samahan siya sa lugar na siya ay magiging ligtas, sapagkat sila ay mga tao na walang kaalaman.

7. Paano baga magkakaroon ng isang kasunduan kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita sa Mushrikun (mapagsamba sa maraming diyus-diyosan, pagano, hindi nananalig sa Kaisahan ni Allah, atbp.) maliban sa kanila na gumawa ng kasunduan sa inyo na malapit sa Masjid Al-Haram (sa Makkah)? Hangga't sila ay matapat sa inyo, maging matapat din kayo sa kanila. Katotohanang si Allah ay nagmamahal sa Al-Muttaqun (mga matimtiman, mabuti, matuwid na tao). 8. Paano (kayang magkakaroon ng gayong kasunduan sa kanila), dahil sa, nang kayo ay magahis nila, sila ay hindi nagsaalang-alang sa (inyong) pinagsamahan, maging ito man ay sa pagkakamag-anak o sa kasunduan sa inyo? (Sa magagandang salita) na galing sa kanilang bibig ay kanilang napapahinuhod kayo, datapuwa't ang kanilang puso ay nagtatakwil sa inyo, at ang karamihan sa kanila ay Fasiqun (mapaghimagsik at palasuway kay Allah). 9. Sila ay bumili sa pamamagitan ng Ayat (mga katibayan, talata, aral, tanda, kapahayagan, atbp.) ni Allah, ng isang maliit na pakinabang, at hinadlangan nila ang mga tao tungo sa Kanyang Landas; tunay na kasamaan ang kanilang ginawa. 10. Hindi nila pinahahalagahan ang sumasampalataya (sa alang-alang) ng pagsasamahan, maging ito man ay sa pagkakamag-anak o sa kasunduan! Sila nga ang mga lumalabag. 11. Datapuwa't kung sila ay magsisi at mag-alay ng pagdarasal nang mahinusay (Iqamat-as-Salat) at magbigay ng Zakah

(katungkulang kawanggawa), kung gayon, sila ay inyong mga kapatid sa pananampalataya. (Sa gayong paraan) ay Aming ipinapaliwanag ang Ayat (mga katibayan, talata, aral, tanda, kapahayagan, atbp.) nang masusi sa mga tao na nakakaalam.

12. Datapuwa't kung sila ay sumira sa kanilang mga pangako (sumpa) matapos ang kasunduan, at tuligsain ang inyong pananampalataya ng may pag-ayaw at pamimintas, kung gayon, inyong labanan ang mga pinuno na walang pananalig (mga pinuno ng Quraish, mga pagano ng Makkah) – sapagkat katiyakan, ang kanilang pangako (sumpa) ay walang halaga sa kanila, – upang sila ay tumigil (sa masasamang gawa). 13. Hindi baga ninyo lalabanan ang mga tao na sumira sa kanilang pangako (mga pagano ng Makkah) at naghahangad na ipatapon ang Tagapagbalita, samantalang una silang sumalakay sa inyo? Natatakot ba kayo sa kanila? Si Allah ay may higit na karapatan na Siya ay inyong pangambahan, kung kayo ay nananampalataya. 14. Makipaglaban kayo sa kanila, upang si Allah ay magparusa sa kanila sa pamamagitan ng inyong mga kamay, at pawalang dangal sila, at kayo ay gawaran (Niya) ng tagumpay laban sa kanila, at upang pagalingin ang dibdib ng mga tao na sumasampalataya. 15. At upang mapawi ang pagkagalit (ng mga sumasampalataya) sa kanilang puso. Si Allah ay tumatanggap sa pagsisisi ng sinumang Kanyang naisin. Si Allah ay Puspos ng Kaalaman, ang Tigib ng Karunungan.

16. Napag-aakala ba ninyo na kayo ay hahayaang nag-iisa, samantalang hindi pa nasusubukan ni Allah ang mga nasa lipon ninyo, na nagsikap na mainam at nakipaglaban at hindi

kumuha ng Walijah ([Batanah] – mga katulong, tagapayo at kasangguni mula sa mga hindi sumasampalataya, mga pagano, atbp.), na lantad na nagbibigay sa kanila ng kanilang lihim), maliban pa kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita at ng mga sumasampalataya. Si Allah ay Ganap na Nakakatalos ng inyong ginagawa.

17. Hindi isang katampatan sa Mushrikun (mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah) ang mangalaga ng mga Moske (Tahanan) ni Allah (alalaong baga, ang magdasal at sumamba kay Allah dito at mangasiwa sa kalinisan at mga gusali rito, atbp.), habang sila ay saksi sa kanilang sarili ng kanilang kawalan ng pananampalataya. Ang mga gawain nila ay walang saysay at sa Apoy sila ay mananahan. 18. Ang mga Moske (Tahanan) ni Allah ay pangangasiwaan lamang ng mga sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw; na nagsisipag-alay ng dasal nang mahinusay (Iqamat-as-Salat), at nagbibigay ng Zakah (katungkulang kawanggawa) at walang pinangangambahan maliban lamang kay Allah. Sila ang mga inaasahan na nasa tunay na patnubay. 19. Napag-aakala ba ninyo na ang pagbibigay ng tubig na maiinom sa mga nagpipilgrimahe (nagpeperignasyon) at nangangasiwa sa Al-Masjid-Al-Haram (Tahanan ni Allah sa Makkah), ay katumbas sa halaga ng mga sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw, at nagsisikap na mabuti at nakikipaglaban sa Kapakanan ni Allah? Sila ay hindi magkatulad sa Paningin ni Allah. At si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na Zalimun (mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian, buktot, tampalasan, atbp.). 20. Sila na sumasampalataya, at nagsilikas, at nagsikap na mabuti at nakipaglaban sa

Kapakanan ni Allah na kasama ang kanilang kayamanan at buhay ay higit na mataas sa antas sa Paningin ni Allah. Sila nga ang matatagumpay. 21. Ang kanilang Panginoon ay nagbibigay sa kanila ng masayang balita ng isang Habag mula sa Kanya, at Siya ay nalulugod (sa kanila), at sasakanila ang Halamanan (Paraiso) na naririto ang walang hanggang ligaya. 22. Magsisipanirahan sila rito magpakailanman. Katotohanan, na kay Allah ang malaking gantimpala.

23. O kayong nagsisisampalataya! Huwag ninyong tangkilikin bilang Auliya (tagapagtaguyod at kawaksi) ang inyong ama at inyong mga kapatid (na lalaki) kung kanilang higit na pinahahalagahan ang kawalan ng pananalig kaysa sa pananampalataya. At sinuman sa inyo ang gumawa nito, kung gayon, siya ay isa sa Zalimun (mapaggawa ng kamalian, buktot, buhong, atbp.). 24. Ipagbadya: "Kung ang inyong ama, ang inyong mga anak (na lalaki), ang inyong mga kapatid (na lalaki), ang inyong mga asawang (babae), ang inyong mga kamag-anak; ang kayamanan na inyong kinita; sa mga kalakal na pinangangambahan ninyo ang pagkalugi; at sa mga tahanan na labis ninyong kinagigiliwan ay higit na mahalaga sa inyo kaysa kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita, o ang pagsisikap na mahusay at pakikipaglaban sa Kanyang Kapakanan; kung gayon, kayo ay maghintay hanggang sa ibaba ni Allah ang Kanyang Kapasyahan (pagpaparusa). At si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na Al-Fasiqun (mga mapaghimagsik, palasuway kay Allah).

25. Katotohanan, si Allah ay naggawad sa inyo ng tagumpay sa maraming labanan, at sa Araw ng Hunain (labanan), nang kayo ay nagbubunyi sa marami ninyong bilang, datapuwa't

kayo ay walang napakinabang na anuman, at ang kalupaan, na tunay namang malawak, ay ginawang patag at tuwid sa inyo, ngunit kayo ay nagsiurong na tumatalilis. 26. Ngunit (hindi naglaon), ay ipinanaog ni Allah ang Kanyang Sakinah (kahinahunan, kapayapaan, kasiguruhan, atbp.) sa (Kanyang) Tagapagbalita (Muhammad) at sa mga sumasampalataya, at nagpapanaog Siya ng puwersa (mga anghel) na hindi ninyo nakikita, at pinarusahan nila ang mga hindi sumasampalataya. Ito ang kabayaran ng mga hindi sumasampalataya. 27. At pagkaraan nito, si Allah ay tatanggap ng pagtitika sa sinuman na Kanyang mapusuan. At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 28. O kayong nagsisisampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Kanyang Tagapagbalitang si Muhammad)! Katotohanan, ang Mushrikun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, at sa Pahayag ni Muhammad) ay Najasun (hindi dalisay)! Kaya't huwag silang hayaan na makalapit sa Al-Masjid-Al-Haram (Tahanan ni Allah sa Makkah), matapos ang taong ito, at kung kayo ay nangangamba sa kahirapan, si Allah ang magbibigay yaman sa inyo kung Kanyang naisin, mula sa Kanyang Kasaganaan. Katotohanang si Allah ay Ganap na Maalam, ang Tigib ng Karunungan.

29. Makipaglaban kayo sa kanila na hindi (1) sumasampalataya kay Allah, (2) at gayundin sa Huling Araw, (3) at sa mga hindi nagbabawal sa bagay na ipinagbabawal ni Allah at ng Kanyang Tagapagbalita, (4) at sila na hindi tumatanggap sa pananampalataya ng katotohanan (alalaong baga, ang Islam), mula sa lipon ng mga tao ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano), hanggang sila ay magbayad ng

Jizya (isang buwis na itinatalaga sa mga tao ng Kasulatan [mga Hudyo at Kristiyano], atbp., na nasa ilalim ng pangangalaga ng pamahalaang Muslim), ng may pagsang-ayon at nakadarama sa kanilang sarili ng pagkasupil. 30. At ang mga Hudyo ay nagsasabi: "Si Ezra ay anak ni Allah, at ang mga Kristiyano ay nagsasabi: Ang Mesiyas ay anak ni Allah." Ito ang ibinabadya ng kanilang bibig. Sila ay nagsisigaya sa mga sinasabi ng mga hindi nananampalataya noong panahong sinauna. Ang sumpa ni Allah ay sasakanila, paano silang napaligaw nang malayo sa Katotohanan!

31. Sila (ang mga Hudyo at Kristiyano) ay tumangkilik sa kanilang mga rabbi (maalam na tao sa relihiyon) at kanilang mga monako (pari) bilang kanilang panginoon maliban pa kay Allah (sa pamamagitan ng pagsunod sa kanila sa mga bagay na ginawa nilang matuwid o hindi matuwid, ayon sa kanilang pagnanasa na hindi ipinag-utos ni Allah), at sila rin (ay nagtaguri bilang kanilang Panginoon) ang Mesiyas, ang anak ni Maria, samantalang sila (mga Hudyo at Kristiyano) ay pinag-utusan (sa Torah [mga Batas] at Ebanghelyo) na tanging sumamba lamang sa Nag-iisang Diyos (Allah), La ilaha illa Huwa [Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya]). Ang kapurihan at kaluwalhatian ay sa Kanya, (higit Siyang dakila) sa lahat ng mga katambal na itinataguri (sa pagsamba sa Kanya).

32. Sila (ang mga hindi sumasampalataya, ang mga Hudyo at Kristiyano) ay nagnanais na palisin ang Liwanag ni Allah (na siyang dahilan ng pagkasugo kay Muhammad, ang paniniwala sa Kaisahan ni Allah), sa pamamagitan ng kanilang bibig, datapuwa't si Allah ay hindi magpapahintulot nito, malibang ang Kanyang

Liwanag ay maging ganap, kahit na ang Kafirun (mga hindi sumasampalataya) ay mamuhi (rito). 33. Siya (Allah) ang nagsugo ng Kanyang Tagapagbalita (Muhammad) ng may Patnubay at ng Pananampalataya ng Katotohanan (Islam), upang gawin Niya itong dakila (at higit) sa lahat ng mga pananampalataya (relihiyon) kahit na ang Mushrikun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, atbp.) ay mamuhi (rito).

34. O kayong nagsisisampalataya! Katotohanang marami sa mga (Hudyong) rabbi (maalam sa relihiyon) at mga (Kristiyanong) monako (pari) ang nagpapasasa sa kayamanan ng sangkatauhan (sa pamamagitan ng) kabulaanan, at humadlang (sa kanila) tungo sa Landas ni Allah (alalaong baga, sa Islam at sa Kaisahan ni Allah). At mayroon sa kanila na nagtitinggal ng ginto at pilak (Al- Kanz, ang pera na hindi ipinagbayad ng Zakah [katungkulang kawanggawa]), at hindi gumugugol nito tungo sa Landas ni Allah, - ipagbadya sa kanila ang kasakit-sakit na kaparusahan. 35. Sa Araw na ang Al-Kanz (salapi, ginto at pilak, atbp. na ang Zakah [katungkulang kawanggawa] rito ay hindi ipinagbayad), ay paiinitin sa Apoy ng Impiyerno at ito ay itatatak sa kanilang noo, sa kanilang tagiliran, at sa kanilang likod (at ipagbabadya sa kanila): “Ito ang kayamanan na inyong itinago sa inyong sarili. Ngayon, inyong lasapin ang inyong inimpok.”

36. Katotohanan, ang bilang ng mga buwan kay Allah ay labingdalawang buwan (sa isang taon), ito ang itinalaga ni Allah sa Araw na Kanyang nilikha ang mga kalangitan at kalupaan; na rito ay apat ang sagrado [banal], (alalaong baga, ang una, ang pampito, ang panglabing-isa at

panlabingdalawang buwan ng kalendaryong Islamiko). Ito ang tunay na pananampalataya, kaya't huwag ninyong ipalungi ang inyong sarili rito, at makipaglaban kayo laban sa Mushrikun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, atbp.) nang sama-sama, kung paano rin sila ay nakikipaglaban sa inyo nang sama-sama. Datapuwa't inyong maalaman na si Allah ay nananatili sa Mutaqqun (matuwid, matimtiman at mabuting mga tao). 37· Ang pagpapaliban (ng Banal na buwan) ay katotohanang isang karagdagan sa kawalan ng pananalig; kaya nga't ang mga walang pananampalataya ay humantong sa pagkaligaw, sapagkat ginawa nilang tumpak ito sa isang taon at ipinagbawal ito sa sumunod na taon upang kanilang mabago ang bilang ng mga buwan na ipinagbabawal ni Allah, at ginawa ang mga ipinagbabawal na pinahihintulutan. Ang kasamaan ng kanilang mga gawa ay nagiging kalugod-lugod sa kanila. At si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na walang pananampalataya.

38· O kayong nagsisisampalataya! Ano ang nangyayari sa inyo, na nang kayo ay pagsabihan na pumaroon sa Kapakanan ni Allah (alalaong baga, sa Jihad [ang banal na pakikipaglaban para kay Allah]), kayo ay mahigpit na kumakapit sa kalupaan? Kayo baga ay nalulugod sa buhay na ito kaysa sa Kabilang Buhay? Datapuwa't kakaunti lamang ang kasiyahan ng buhay sa mundong ito kung ihahalintulad sa Kabilang Buhay. 39· Kung kayo ay hindi paparoon, Siya ay magpaparusa sa inyo ng isang kasakit-sakit na kaparusahan at Kanyang papalitan kayo ng ibang tao, at Siya ay hindi ninyo mabibigyan ng anupamang kapinsalaan, at si Allah ay makakagawa ng lahat ng bagay. 40· Kung siya (Muhammad)

ay hindi ninyo tutulungan (ito ay hindi mahalaga), sapagkat katotohanang siya ay tinulungan ni Allah, nang ang mga hindi sumasampalataya ay nagtaboy sa kanya sa labas; ang pangalawa sa dalawa, nang sila (Muhammad at Abu Bakr) ay nasa loob ng yungib, at kanyang (Muhammad) sinabi sa kanyang kasama (Abu Bakr): "Huwag kang malumbay (o mangamba), katotohanang si Allah ay nananatili sa atin." At ipinanaog ni Allah ang Kanyang Sakinah (kapanatagan, kahinahunan, kapayapaan, atbp.) sa kanya, at Kanyang pinalakas siya sa puwersa (ng mga anghel) na hindi ninyo nakikita, at ginawa (Niya) ang salita ng mga hindi nananampalataya na pinakamababa (walang halaga), datapuwa't ang Salita ni Allah ang higit na naging mataas (tampok), at si Allah ang Pinakamakapangyarihan, ang Puspos ng Kaalaman.

41. Magsihayo kayo, kahima't kayo ay magaan (sa pagiging malusog, bata at mayaman) o may kabigatan (sa pagiging maysakit, matanda at mahirap), kayo ay magsikap na mabuti na kasama ang inyong kayamanan at inyong buhay tungo sa Kapakanan ni Allah. Ito ay higit na mainam sa inyo kung inyo lamang nalalaman. 42. Kung ito ay isa lamang dagliang pakinabang (labi ng yaman na nasa kanilang harapan) at isang maginhawang paglalakbay, sila ay susunod sa inyo, subalit ang layo (ng paglalakbay sa Tabuk) ay mahaba (malayo) sa kanila, at sila ay nanunumpa (sa Ngalan) ni Allah, "Kung kaya lamang namin, katiyakang kami ay sumama na sa inyo." Sila ang nagwasak sa kanilang sarili, at nababatid ni Allah na sila ay mga sinungaling.

43. Nawa'y patawarin ka (O Muhammad) ni Allah. Bakit sila ay iyong pinayagan na makapamili (na manatili at

maiwan, sana'y ipinagpilitan mo ang tungkol sa iyong ipinag-uutos na sila ay tumungo sa Jihad [banal na pakikipaglaban para kay Allah]), hanggang ang nagsasabi ng katotohanan ay iyong mamasdan sa maliwanag at iyong maalaman ang mga sinungaling? 44. Sila na sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw ay hindi hihingi ng iyong pahintulot na huwag silang sumama sa pakikipaglaban, na kasama ang kanilang ari-arian at kanilang buhay; at si Allah ang Ganap na Nakakaalam ng Muttaqun (mga matimtiman, mabuti, at matuwid na tao). 45. At sila lamang na mga hindi sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw, at sila na ang puso ay nasa pag-aalinlangan, ang humihingi ng iyong pahintulot (na huwag silang makabilang sa Jihad [banal na pakikipaglaban para kay Allah]). Kaya't sa kanilang mga pag-aalinlangan, sila ay nag-aatubili. 46. At kung sila ay (tunay) na nagnanais na pumalaot (sa labanan), katiyakang sila ay gagawa ng ilang paghahanda para rito, datapuwa't si Allah ay tutol na sila ay isugod, kaya't Kanyang ginawa na maiwan sila, at ito ang winika (sa kanila): "Maupo kayo na kasama ang mga nakaupo (sa kanilang tahanan)."

47. At kung sila (man) ay nagsihayo (patungo sa labanan) na kasama ninyo, sila ay walang maidadagdag sa inyo liban lamang sa kaguluhan, at sila ay nagsisipagmadali sa gitna ninyo (sa pagkakalat ng kabuktutan), at nagtatanim ng panunulsol laban sa isa't isa sa inyo, at mayroon sa inyong lipon ang mangyayaring makinig sa kanila. At si Allah ang Ganap na Nakakaalam sa Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian, tampalasan, buktot, atbp.). 48. Katotohanang sila ay nagbalak ng panunulsol (laban sa isa't isa) noon pa man, at nagpalala ng

mga pangyayari para sa inyo, - hanggang ang Katotohanan (tagumpay) ay dumatal at ang Kautusan ni Allah (ang Kanyang relihiyon, ang Islam) ay naging maliwanag sa kanila kahima't ito ay kanilang kinasusuklaman.

49. At sa lipon nila ay mayroong nagsasabi: "Ako ay bigyan mo ng palugit (na huwag mapabilang sa Jihad [banal na pakikipaglaban para kay Allah]), at ako ay huwag mong ilagay sa pagsubok." Katotohanang sila ay nahulog sa pagsubok. At katotohanang Impiyerno ang papaligid sa mga hindi sumasampalataya. 50. Kung ang magandang bagay ay dumatal sa iyo (O Muhammad), ito ay nakakapagpalumbay sa kanila, datapuwa't kung kapinsalaan ang sumapit sa iyo, sila ay nagsasabi: "Kami ay gumawa rito noon pa man ng pag-iingat," at sila ay tumatalikod na nagsasaya. 51. Ipagbadya: "Walang anuman ang mangyayari sa amin maliban lamang sa itinalaga sa amin ni Allah. Siya ang aming Maula (Panginoon, Kawaksi at Tagapangalaga)." At kay Allah, hayaan ang mga sumasampalataya ay magtiwala. 52. Ipagbadya: "Kayo ba ay naghihintay sa amin (sa anumang bagay) maliban sa isa sa dalawang pinakamainam na bagay (ang pagiging martir o tagumpay); habang kami ay naghihintay sa inyo, na si Allah ay maggagawad sa inyo ng kaparusahan mula sa Kanyang Sarili o (ng kaparusahan) mula sa aming mga kamay. Kaya't magsipag-antabay kayo, kami ay nag-aantabay sa inyo."

53. Ipagbadya: "Gumugol man kayo (sa Kapakanan ni Allah) ng may pagkukusa o ng walang pagkukusa, ito ay hindi tatanggapin mula sa inyo. Katotohanang kayo ay mga tao na lagi nang Fasiqun (mga mapaghimagsik, palasuway kay Allah)." 54. At wala ng iba pa ang humahadlang sa

kanilang tulong na maging katanggap-tanggap mula sa kanila, maliban sa sila ay hindi sumasampalataya kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita (Muhammad); at sila ay hindi pumaparoon sa pagdarasal maliban sa kalagayan ng pagiging tamad; at sila ay hindi nagbibigay ng kanilang tulong maliban na may pagtutol sa kalooban. 55. Kaya't huwag hayaan ang kanilang kayamanan o mga anak ay makalugod sa iyo (O Muhammad); sa katotohanan, ang balak ni Allah ay parusahan sila ng gayong mga bagay sa buhay sa mundong ito, at ang kanilang kaluluwa ay lumisan sa kanila (mamatay) samantalang sila ay mga hindi nananampalataya. 56. Sila ay nanunumpa kay Allah na katotohanang sila ay kapanalig ninyo, datapuwa't sila ay mga tao (na mapagkunwari) na natatakot (na sila ay inyong mapatay). 57. At kung sila ay makakatagpo ng isang silungan, o mga yungib, o isang pook ng kanlungan, karaka-rakang sila ay susugod doon na nagmamadali.

58. At ang ilan sa kanila ay nagpaparatang sa iyo (O Muhammad) sa bagay (ng pagbabaha-bahagi) ng mga limos (tulong). Kung sila ay nabigyan ng bahagi nito, sila ay nalulugod, subalit kung sila ay hindi nabigyan nito, inyong pagmalasin, sila ay sumisiklab sa galit! 59. Hindi baga sila nakadarama ng kasiyahan sa mga bagay na ipinagkaloob ni Allah at ng Kanyang Tagapagbalita sa kanila, at sila ay mangusap: " Si Allah ay Sapat na sa amin. Si Allah ay magkakaloob sa amin ng Kanyang Kasaganaan, gayundin ang Kanyang Tagapagbalita (ng mga limos o tulong, atbp.). Kami ay nananawagan kay Allah (na Kanyang pasaganain kami)." 60. Ang As-Sadaqah (dito, ito ay nangangahulugan ng katungkulang kawanggawa, alalaong baga, ang Zakah),

ay para lamang sa Fuqara (sa mga mahihirap na hindi nagpapalimos), at sa Masakin (sa mga mahihirap na nagpapalimos), at sa mga nagtatrabaho upang mangalap (ng pondo); at silang (mga tao) na ang kanilang puso ay nahihilig (tungo sa Islam, nakakakita ng liwanag ng katotohanan ng pananampalataya); at sa pagpapalaya ng mga bihag (alipin); at sa mga may pagkakautang; at para sa Kapakanan ni Allah (alalaong baga, para sa Mujahidun, sila na nakikipaglaban sa banal na digmaan dahilan sa kanilang pagmamahal sa Kanya), at sa mga naglalakbay (na napalayo at walang ibang mahihingan ng tulong); isang katungkulan na itinalaga ni Allah. At si Allah ang Ganap na Nakakaalam, ang Sukdol sa Karunungan.

61. At sa lipon nila ay may mga tao na nananakit sa Propeta (Muhammad) at nagsasabi: "Siya ay nakikinig (sa lahat ng mga balita)." Ipagbadya: "Siya ay nakikinig kung ano ang mabuti sa inyo; siya ay sumasampalataya kay Allah; mayroon siyang pananalig sa mga sumasampalataya; at isang Habag tungo sa inyo na sumasampalataya." Ngunit sila na nananakit sa Tagapagbalita (Muhammad) ay magkakaroon ng kasakit-sakit na kaparusahan. 62. Sila ay nanunumpa (sa Ngalan) ni Allah sa inyo (na mga Muslim), upang kayo ay malugod (sa kanila), datapuwa't higit na katampatan na kanilang bigyang lugod si Allah at ang Kanyang Tagapagbalita (Muhammad), kung sila ay nananampalataya. 63. Hindi baga nila natatalos na kung sinuman ang tumutol at magpakita ng pagkapoot kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita, katiyakang sasakanya ang Apoy ng Impiyerno upang (siya) ay manahan dito. Ito ang sukdulang pagkaaba.

64. Ang mga mapagkunwari ay nangangamba na baka ang isang Surah (kabanata ng Qur'an) ay mahayag na patungkol sa kanila, na nagtatambad sa kanila kung ano ang nasa kanilang puso. Ipagbadya: "(Magpatuloy kayo at) manuya! Datapuwa't katiyakang si Allah ay maglalabas sa liwanag (maglalantad) ng lahat ninyong pinangangambahan." 65. At kung sila ay tatanungin ninyo (hinggil dito), sila ay nagsasabi: "Kami ay nag-uusap lamang ng walang katuturan at nagbibiro." Ipagbadya: "Ano baga yaong na kay Allah, at sa Kanyang Ayat (mga katibayan, talata, tanda, kapahayagan, atbp.), at sa Kanyang Tagapagbalita na inyong pinagtatawanan?" 66. Huwag kayong gumawa ng dahilan; kayo ay nawalan ng pananalig matapos na kayo ay manampalataya. Kung Aming patawarin ang iba sa inyo, Aming parurusahan ang iba sa lipon ninyo, sapagkat sila ay Mujrimun (mga walang pananampalataya, mapagsamba sa diyus-diyosan, makasalanan, kriminal, atbp.).

67. Ang mga mapagkunwari, mga lalaki at mga babae, ay mula sa isa't isa, sila ay nanghihikayat (sa mga tao) ng Al Munkar (kawalan ng pananalig at pagsamba sa lahat ng diyus-diyosan at paglabag sa lahat ng mga ipinagbabawal sa Islam) at humahadlang (sa mga tao) tungo sa Al-Maruf (paniniwala sa Kaisahan ni Allah at lahat ng mga ipinag-uutos sa Islam), at itinitikom nila ang kanilang mga kamay (para sa pagbibigay at paggugol sa Kapakanan ni Allah). Kanilang nakalimutan si Allah, kaya't sila rin ay kinalimutan Niya. Katotohanan, ang mga mapagkunwari ay Fasiqun (mga mapaghimagsik at palasuway kay Allah). 68. Si Allah ay nangako sa mga mapagkunwari; mga lalaki at mga babae, at sa mga hindi sumasampalataya, ng Apoy ng Impiyerno,

at dito sila ay mananatili. Ito ay sapat na sa kanila. Sila ay isinumpa ni Allah at sa kanila ang walang hanggang kaparusahan. 69. Katulad ng mga nangauna sa inyo, sila ay higit na malakas sa kapangyarihan, at higit na sagana sa kayamanan at mga anak. Sila ay pansamantalang nagsaya sa kanilang bahagi, kaya't pansamantala kayong magpakasaya sa inyong bahagi, na katulad din naman ng mga nangauna sa inyo na pansamantalang nagpakasaya sa kanilang bahagi, at kayo ay nalulong sa paglalaro at pagpapalipas ng oras (sa pagsasabi ng kasinungalingan laban kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita na si Muhammad), na katulad din naman kung gaano sila nalulong sa paglalaro at pagpapalipas-oras. Sila yaong ang mga gawa ay walang katuturan sa mundong ito at sa Kabilang Buhay. Sila ang mga talunan. 70. Hindi baga nakarating sa kanila ang kasaysayan niyaong mga nangauna sa kanila? – Ang mga pamayanan ni Noe, A'ad at Thamud, ang pamayanan ni Abraham, ang mga nagsisipanirahan sa Madyan (Midian) at sa mga Lungsod na winasak (alalong baga, ang pamayanan kung saan nangaral si Propeta Lut), sa kanila ay dumatal ang kanilang mga Tagapagbalita na may Maliwanag na Katibayan. Kaya't hindi si Allah ang nagpalungi sa kanila, datapuwa't sila ang nagpalungi sa kanilang sarili.

71. Ang mga sumasampalataya, mga lalaki at mga babae, ay mga Auliya (kawaksi, kapanalig, kaibigan, tagapangalaga, atbp.) sa isa't isa, sila ay nagtatagubilin (sa mga tao) ng Al Ma'ruf (paniniwala sa Kaisahan ni Allah at pagsunod sa lahat ng mga ipinag-uutos sa Islam) at nagbabawal sa Al Munkar (paniniwala sa mga diyus-diyosan at lahat ng uri ng maling pagsamba at mga bagay na ipinagbabawal sa Islam); sila ay

nag-aalay ng kanilang dasal nang mahinusay (Iqama-as-Salat); at nagbibigay ng Zakah (katungkulang kawanggawa) at tumatalima kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita. Si Allah ay magkakaloob ng Kanyang Habag sa kanila. Katotohanang si Allah ang Pinakamakapangyarihan, ang Puspos ng Karunungan. 72. Si Allah ay nangako sa mga sumasampalataya, - mga lalaki at mga babae, - ng Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy upang manahan dito magpakailanman, at magagandang mansiyon sa Halamanan ng Aden (Paraiso). Datapuwa't ang pinakadakilang kaligayahan ay ang Mainam na Pagkalugod ni Allah, ito ang pinakamatayog na tagumpay.

73. O Propeta (Muhammad)! Magsikap kang mabuti laban sa mga hindi sumasampalataya at sa mga mapagkunwari, at maging mabalasik laban sa kanila, ang kanilang hantungan ay Impiyerno, - at tunay namang pagkasama-sama ang gayong hantungan. 74. Sila ay nanunumpa (sa Ngalan) ni Allah na sila ay hindi nagsabi ng anuman (na masama), datapuwa't katotohanang sila ay nagsabi ng salita ng kawalan ng pananalig, at sila ay (muling nagbalik) sa kawalan ng pananampalataya matapos na tanggapin ang Islam, at sila ay nagpasya (sa pakana na patayin si Propeta Muhammad) na hindi nila naisakatuparan, at sila ay hindi makahanap ng anumang dahilan upang gawin yaon, maliban na si Allah at ang Kanyang Tagapagbalita ay payamanin sila mula sa Kanyang Kasaganaan. Kung sila ay magtika, ito ay higit na mainam para sa kanila, datapuwa't kung sila ay magsitalikod, si Allah ay magpaparusa sa kanila ng kasakit-sakit na kaparusahan sa buhay sa mundong ito at sa Kabilang Buhay. At walang sinuman para sa kanila sa

mundong ito ang kanilang magiging Wali (tagapagtaguyod, tagapangalaga, o katulong).

75. At ang ilan sa kanila ay gumawa ng kasunduan kay Allah (na nagsasabi): "Kung ipinagkaloob Niya sa amin ang Kanyang Kasaganaan, katotohanang kami ay magbibigay ng Sadaqah (katungkulan at kusang loob na kawanggawa tungo sa Kapakanan ni Allah), at katiyakang sila ay mapapabilang sa lipon ng mga matutuwid." 76. At nang sila ay gawaran Niya ng Kanyang Kasaganaan, sila ay naging lubhang maramot (tumanggi na magbigay ng Sadaqah [katungkulan at kusang loob na kawanggawa]), at tumalikod na tumututol. 77. Kaya't Kanyang pinarusahan sila sa pamamagitan nang paglalagay ng pagkukunwari sa kanilang puso hanggang sa Araw na Siya ay kanilang kakaharapin, sapagkat sinira nila ang gayong (kasunduan kay Allah) na kanilang ipinangako sa Kanya, at sapagkat sila ay nahirati sa pagsasabi ng kabulaanan. 78. Hindi baga nila nalalaman na nababatid ni Allah ang kanilang mga lihim na hinagap, at ang kanilang Najwa (lihim na pagsasanggunian), at si Allah ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ng nalilingid.

79. Sila na umuupasala sa mga sumasampalataya na nagbibigay ng kawanggawa (sa Kapakanan ni Allah) nang kusang loob, at sila na hindi makahanap ng anuman upang ibigay sa kawanggawa (sa Kapakanan ni Allah), maliban kung ano lamang ang kanilang hawak; kaya't kanilang tinutuya sila (mga nananampalataya), si Allah ay maghahagis sa kanila ng kanilang mga panunudyo, at sila ay tatanggap ng kasakit-sakit na kaparusahan. 80. Kahit na ikaw (O Muhammad) ay humingi ng kapatawaran para sa kanila (mga mapagkunwari) o hindi humingi ng

kapatawaran para sa kanila, (at kahit) na ikaw ay humingi ng pitumpong ulit para sa kanilang kapatawaran, si Allah ay hindi magpapatawad sa kanila sapagkat sila ay hindi nanampalataya kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita (Muhammad). At si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na Fasiqun (mga mapaghimagsik at palasuway kay Allah).

81. Sila na nagpaiwan (sa paglalakbay sa Tabuk na may misyon ng pakikipaglaban) at nagsipagsaya na sila ay nagpaiwan (hindi sumama) sa Tagapagbalita ni Allah; sila ay namuhi na magsumikap at makipaglaban na kasama ang kanilang mga ari-arian at kanilang buhay tungo sa Kapakanan ni Allah, at sila ay nagsabi: "Huwag kayong magsitungo paharap sa init." Ipagbadya: "Ang Apoy ng Impiyerno ay higit na matindi ang init, kung kanila lamang nauunawaan!" 82. Kaya't hayaan silang humalakhak ng kakarampot at (hindi magtatagal sila) ay lubhang magsisitangis bilang kabayaran sa anumang kanilang kinita (sa paggawa ng mga kasalanan). 83. At kung dalhin kayong muli ni Allah sa lipon nila (mga mapagkunwari), at sila ay humingi ng iyong pahintulot na pumalaot (upang makipaglaban), iyong sabihin: "Kailanman ay hindi kayo papalaot na kasama ako, gayundin ay hindi kayo lalaban sa (mga) kaaway na kasama ako; kayo ay pumayag na maupo at walang ginagawa sa unang pagkakataon, kaya't magsiupo kayo (ngayon) na kasama ng mga nagpaiwan." 84. At huwag kailanman (O Muhammad), na ikaw ay magdasal (sa libing) ng sinuman sa kanila (mga mapagkunwari) na pumanaw, gayundin ay huwag kang tumindig sa kaniyang puntod. Katotohanang sila ay hindi nanampalataya kay Allah at sa

Kanyang Tagapagbalita, at sila ay namatay habang sila ay Fasiqun (mga mapaghimagsik at palasuway kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita).

85. At huwag hayaan ang kanilang kayamanan, gayundin ang kanilang mga anak ay makaganyak sa iyo. Ang balak ni Allah ay parusahan sila ng mga ganitong bagay sa mundong ito, at ang kanilang kaluluwa ay pumanaw (mamatay) habang sila ay mga hindi nananampalataya. 86. At kung ang Surah (kabanata mula sa Qur'an) ay ipinapahayag, na nagtatagubilin sa kanila na sumasampalataya kay Allah at nagsisikap na mainam at nakikipaglaban na kasama ang Tagapagbalita, ang mga may kayamanan sa lipon nila ay humihingi ng iyong pahintulot na sila ay hindi maging saklaw (ng Jihad, ang banal na pakikipaglaban tungo sa kapakanan ni Allah) at nagsasabi, "Iwanan ninyo kami (sa likuran), kami ay sasama roon sa mga nakaupo (sa kanilang tahanan). 87. Sila ay nasisiyahan na kasama ang mga (kababaihan) na nakaupo at nagpaiwan (sa kanilang tahanan). Ang kanilang puso ay nasasagkaan (sa lahat ng uri ng kabutihan at tuwid na patnubay), kaya't sila ay hindi nakakaunawa. 88. Datapuwa't ang Tagapagbalita (Muhammad), at sila na may pananalig sa Kanya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) ay nagsikap na maigi at nakipaglaban na kasama ang kanilang kayamanan at kanilang buhay (sa Kapakanan ni Allah). Sila yaong (sa kanila) ay nakalaan ang mga mabubuting bagay, at sila ang mga magsisipagtagumpay. 89. Sa kanila ay inihanda na ni Allah ang Halamanan (Paraiso) na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy, upang manahan dito magpakailanman. Ito ang tunay na rurok ng tagumpay.

90. At sila na gumagawa ng mga dahilan mula (sa lipon)

ng mga bedouin (mga naninirahan sa disyerto) ay lumapit (sa iyo, O Muhammad) na humihingi ng iyong pahintulot na sila ay hindi na maging saklaw (na makipaglaban sa digmaan), at sila na nagsinungaling kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita ay nangakaupo sa kanilang tahanan (na hindi humihingi rito ng pahintulot); isang kasakit-sakit na kaparusahan ang sasakmal sa kanila na mga hindi nananampalataya. 91. Hindi isang kasalanan sa kanila, na mga mahihina o may karamdaman o sila na walang kakayahan at walang mapagkukunan upang gumugol (sa banal na digmaan [Jihad]), kung sila ay matapat (sa kanilang tungkulin) kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita. Walang anumang batayan (ng hinaing) ang maaaring ipataw sa Muhsinun (mga mapaggawa ng kabutihan). At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 92. Gayundin (ay walang kasalanan) sa kanila na lumapit sa iyo upang mabigyan ng dalahin, at nang iyong sinabi: "Hindi ako makakita ng dalahin para sa inyo," sila ay lumisan na ang kanilang mga mata ay tigmak sa luha ng pagdadalamhati dahilan sa sila ay hindi makasumpong ng anuman upang gugulin (sa Jihad [banal na digmaan]). 93. Ang batayan (ng hinaing) ay tanging laban lamang sa mga mayayaman, na gayunpaman ay humihiling na hindi maging saklaw. Sila ay nasisiyahan na kasama ang kababaihan na nakaupo at naiwan (sa kanilang tahanan), at si Allah ay naglagay ng sagka sa kanilang puso (sa lahat ng uri ng kabutihan at tuwid na patnubay), upang hindi nila maalaman (kung ano ang natatalo [nagpapalungi] sa kanila).

94. Sila na (mapagkunwari) ay maglalantad ng kanilang mga dahilan sa inyo (mga Muslim), kung kayo ay magbalik

sa kanila. Ipagbadya (O Muhammad): “Huwag kayong magbigay ng mga dahilan, kami ay hindi maniniwala sa inyo. Tunay na ipinaalam ni Allah sa amin ang balita tungkol sa inyo. Si Allah at ang Kanyang Tagapagbalita ay magmamasid ng inyong mga gawa. At sa katapusan, kayo ay muling ibabalik sa Kanya na Lubos na Nakakaalam ng mga nalilingid at lantad, at Siya ay magsasabi sa inyo ng inyong mga ginawa.” 95. Sila ay manunumpa (sa Ngalan) ni Allah sa inyo (na mga Muslim), kung kayo ay magbalik sa kanila upang kayo ay tumalikod sa kanila. Kaya’t magsitalikod kayo sa kanila. Katotohanang sila ay Rijsun (alalaong baga, hindi dalisay dahilan sa kanilang buktot na gawa), at ang Impiyerno ang kanilang pananahanan, - isang kabayaran sa mga bagay na kanilang kinita. 96. Sila (na mga mapagkunwari) ay manunumpa sa inyo (na mga Muslim), upang kayo ay malugod sa kanila, datapuwa’t kung kayo ay nalulugod sa kanila, katiyakang si Allah ay hindi nalulugod sa mga tao na Al-Fasiqun (mga mapaghimagsik at palasuway kay Allah).

97. Ang mga bedouin (mga taong namumuhay sa disyerto) ang pinakamasama sa kawalan ng pananampalataya at pagkukunwari, at higit kaysa hindi, ay nasa kamangmangan sa mga hangganan (ng mga kautusan ni Allah at Kanyang mga legal na batas, atbp.), na ipinahayag ni Allah sa Kanyang Tagapagbalita. At si Allah ay Lubos na Maalam, ang Tigib ng Karunungan. 98. At sa mga bedouin (mga taong naninirahan sa disyerto) ay may ilan na tumitingin sa kung ano (magkano) ang kanilang ginugugol (sa Kapakanan ni Allah) bilang isang multa (gastos) at nagbabantay nang (pagdatal) ng kapinsalaan sa inyo, sa kanila ay mangyayari

ang kapinsalaan ng kabuktutan. At si Allah ang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam.

99. At sa mga bedouin (mga taong naninirahan sa disyerto) ay may ilan na sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw, at tumitingin sa anumang kanilang ginugugol sa Kapakanan ni Allah bilang (isang paraan) na mapalapit kay Allah, at isang dahilan nang pagtanggap sa mga panawagan ng Tagapagbalita. Katotohanan, ang mga ito ay isang paglapit sa kanila. Si Allah ay tatanggap sa kanila sa Kanyang habag. Katiyakang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

100. Ang unang yumakap sa Islam sa Muhajirun (yaong mga nagsilikas mula sa Makkah patungo sa Al-Madina), at sa Ansar (ang mga mamamayan ng Al-Madina na tumulong sa Muhajirun), at sila na nagsisunod sa kanila ng tumpak (sa pananampalataya). Si Allah ay labis na nalulugod sa kanila, gayundin, sila ay nalulugod sa Kanya. Siya (Allah) ay naghanda para sa kanila ng Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso), upang manahan dito magpakailanman. Ito ang rurok ng tagumpay. 101. At sa lipon ng mga bedouin (mga taong naninirahan sa disyerto) na nakapalibot sa inyo, ang ilan ay mga mapagkunwari, at gayundin ang ilan sa mga tao ng Al-Madina, sila ay nagmamalabis at nagpapatuloy sa kanilang pagkukunwari, ikaw (O Muhammad) ay hindi nakakaalam sa kanila, (ngunit) sila ay Aming talastas. Amin (Allah) silang parurusahan ng dalawang ulit, at pagkatapos, sila ay itatambad sa malaki (at kasindak-sindak) na kaparusahan.

102. At may mga iba na tumatanggap ng kanilang mga kasalanan (umaamin sa kanilang pagkakamali), na

kanilang pinaghahalo ang mga matutuwid na gawa sa ibang gawa na masasama. Marahil, si Allah ay babaling sa kanila sa pagpapatawad. Katiyakang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 103. Kumuha kayo ng Sadaqah (limos at kawanggawa) mula sa kanilang kayamanan upang sila ay mapadalisay nito at sila ay pabanalin, at manalangin kayo kay Allah para sa kanila. Katotohanan! Ang inyong panambitan ay isang pinanggagalingan ng kapanatagan sa kanila, at si Allah ay Ganap na Nakakarinig, ang Tigib ng Karunungan. 104. Hindi baga nila nalalaman na si Allah ay tumatanggap sa pagtitika ng Kanyang mga alipin at tumatanggap sa Sadaqah (limos at kawanggawa), at si Allah lamang ang Tanging Isa na nagpapatawad at tumatanggap ng pagtitika, ang Pinakamaawain. 105. At ipagbadya (O Muhammad): "Magsigawa kayo! Si Allah ang magmamasid sa inyong mga gawa, at (gayundin) sa Kanyang Tagapagbalita at sa mga sumasampalataya. At kayo ay muling ibabalik sa Ganap na Nakakaalam ng mga nalilingid at lantad. At ipapaalam Niya sa inyo ang inyong ginawa." 106. At ang iba ay naghihintay ng Kautusan ni Allah, kung sila (baga) ay Kanyang parurusahan o sila ay patatawarin. At si Allah ay Lubos na Maalam, ang Tigib ng Karunungan.

107. At sa kanila na nagtatayo ng moske (bahay dalanginan) bilang paraan ng pamiminsala at kawalan ng pananalig, at upang pagwatak-watakin ang mga sumasampalataya, at bilang isang himpilan ng mga nakikidigma kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita (Muhammad) noon pa mang una, katotohanang sila ay nanunumpa na ang kanilang saloobin ay walang iba kundi kabutihan. Si Allah ang nagpapatotoo na walang alinlangan na sila ay mga sinungaling.

108. Kailanman ay huwag kayong tumindig (sa moskeng) yaon. Katotohanan, ang moske (bahay dalanginan) na ang pundasyon nito ay inilatag sa kabanalan mula sa unang araw ay higit na karapat-dapat sa inyo upang tindigan (sa pananalangin). Sa loob nito ay mga tao na nagnanais na linisin at dalisayin ang kanilang sarili. At si Allah ay nagmamahal sa kanila na gumagawa sa kanilang sarili na maging malinis at dalisay (alalaong baga, sa mga naglilinis ng kanilang maselang bahagi ng katawan sa pamamagitan ng malinis na lupa at tubig, sa mga dungis dito na tulad ng ihi at dumi, matapos na magbawas). 109. Siya kaya na naglatag ng pundasyon ng kanyang gusali sa kabanalan para kay Allah at (humahanap) sa Kanyang Mabuting Pagkalugod ay higit na mainam, o siya kaya na naglatag ng pundasyon ng kanyang gusali sa hindi matiyak na bingit ng pagkalugso, na handang maguhong pababa, upang ito ay maguho sa maraming bahagi na kasama niya sa Apoy ng Impiyerno? At si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na Zalimun (mga malupit, mabalasik, palalo, mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kabuktutan). 110. Ang gusali na kanilang itinindig ay hindi kailanman titigil na siyang maging sanhi ng pagkukunwari at alinlangan sa kanilang puso, malibang ang kanilang puso ay hiwain sa maraming bahagi (alalaong baga, hanggang sa sila ay mamatay). At si Allah ay Ganap na Nakakaalam, ang Tigib ng Karunungan.

111. Katotohanang si Allah ay bumili sa mga sumasampalataya ng kanilang buhay at kanilang mga ari-arian; sa halaga na mapapasakanila ang Paraiso. Sila ay nakikipaglaban sa Kapakanan ni Allah, kaya't sila ay pumatay (sa iba) at sila rin ay napatay. Ito ay isang pangako

sa Katotohanan na Kanyang pinangangatawanan sa Torah (mga Batas) at sa Ebanghelyo at sa Qur'an. At sino baga kaya ang higit na Makatotohanan sa kanyang Kasunduan kay Allah? Kaya't magsipagsaya kayo sa bilihan (kasunduan) na inyong ginanap. At ito ang rurok ng tagumpay. 112. (Ang buhay ng mga sumasampalataya na binili ni Allah) ay yaong mga nagtitika kay Allah (dahilan sa kanilang ginawang maling pagsamba sa mga diyus-diyosan, pagkukunwari, atbp.), sila na sumasamba sa Kanya, sila na nagpupuri sa Kanya, sila na nag-aayuno (o humahayo para sa kapakanan ni Allah), sila na yumuyukod (sa pananalangin), sila na nagtatagubilin (sa mga tao) sa Al-Ma'ruf (paniniwala sa Kaisahan ni Allah at pagsunod sa lahat ng mga ipinag-uutos sa Islam) at nagbabawal (sa mga tao) sa Al-Munkar (kawalan ng pananalig, pagsamba sa maraming diyus-diyosan at pag-iwas sa lahat ng mga ipinagbabawal sa Islam), at tumutupad sa mga hangganan na itinakda ni Allah (pagtupad sa lahat ng itinalaga ni Allah at pag-iwas sa lahat ng uri ng kasalanan at masamang gawa na ipinagbabawal ni Allah). At magbigay ng magandang balita sa mga sumasampalataya.

113. Hindi isang katampatan sa Propeta at sa mga sumasampalataya na manawagan kay Allah tungo sa Kanyang kapatawaran para sa Mushrikun (mga mapagsamba sa maraming diyus-diyosan, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, atbp.), kahima't sila ay inyong kamag-anak, matapos na maging maliwanag sa kanila na sila ang magsisipanahan sa Apoy (sapagkat sila ay namatay sa kalagayan ng kawalan ng pananananampalataya). 114. At ang paninikluhod ni Abraham (kay Allah) para sa kapatawaran ng kanyang ama ay dahilan lamang sa isang

pangako na kanyang (Abraham) ginawa para sa kanya (ama). Datapuwa't nang ito ay maging maliwanag sa kanya (Abraham), na siya (kanyang ama) ay isang kaaway ni Allah, ay inihiwalay niya ang kanyang sarili sa kanya. Katotohanang si Abraham ay Al-Awwah (naninikluhod kay Allah ng may kapakumbabaan, nagpupuri sa Kanya at nag-aala-ala sa Kanya nang labis), at mapagbata. 115. At si Allah ay hindi kailanman mag-aakay sa mga tao na mapaligaw, matapos na Kanyang magabayan sila hanggang sa magawa Niya na maging maliwanag sa kanila kung ano ang kanilang nararapat na iwasan. Katotohanang si Allah ay Ganap na Maalam sa lahat ng bagay. 116. Katotohanan, si Allah! Sa Kanya ang pag-aangkin ng kapamahalaan ng kalangitan at kalupaan, Siya ang nagbibigay ng buhay, at Siya ang naggagawad ng kamatayan. At maliban pa kay Allah, kayo ay wala ng anumang Wali (tagapangalaga o tagapagbantay), gayundin naman ng kawaksi.

117. Si Allah ay nagpatawad sa Propeta, sa Muhajirun (mga Muslim na nagsilikas at nag-iwan sa kanilang mga tahanan at naparoon sa Al-Madina), at sa Ansar (mga Muslim ng Al-Madina), na sumunod sa kanya (Muhammad) sa panahon ng kagipitan, matapos na ang puso ng isang pangkat sa kanila ay halos lumihis na (sa tuwid na landas), datapuwa't tinanggap Niya ang kanilang pagtitika. Katiyakang Siya sa kanila ay Puspos ng Kabaitan, ang Pinakamaawain. 118. At (Kanya ring pinatawad) yaong tatlo na naiwan (ng Propeta), [alalaong baga, hindi siya (Propeta) nagbigay ng kanyang hatol sa kanilang kaso; ang kanilang kaso ay ipinagpaliban para sa pagpapasya ni Allah], hanggang ang kalupaan ay waring makipot para sa kanila kahit gaano man ito

kalawak, at ang kanilang sarili (kaluluwa) ay nakadarama ng pagiging masikip at kanilang napag-akala na sila ay hindi makakatakas kay Allah, at wala ng kaligtasan maliban pa sa Kanya. At hindi naglaon, Kanyang tinanggap ang kanilang pagsisisi upang sila ay magtika (sa Kanya). Katotohanang si Allah ay Siyang Tanging Isa na tumatanggap ng pagsisisi, ang Pinakamaawain.

119. O kayong nagsisisampalataya! Maging may pagkatakot kay Allah at maging kapiling ng mga matatapat (sa mga salita at gawa). 120. Hindi isang katampatan sa mga tao ng Al-Madina at mga bedouin (mga taong namumuhay sa disyerto) na mga magkakalapit bahay na mamalagi sa likuran ng Tagapagbalita ni Allah (si Muhammad, kung nakikipaglaban tungo sa Kapakanan ni Allah), na higit na bigyang pansin (pahalagahan) ang kanilang sariling buhay kaysa sa kanya (alalaong baga, sa buhay ng Propeta), sapagkat ang lahat ng kanilang dinaranas na paghihirap o anumang ginagawa, rito ay walang makakaligtaan na hindi nasusulat sa kanilang kapakinabangan bilang isang gawa ng katuwiran, kahima't sila ay nagdanas ng pagkauhaw, gayundin ng pagkapagal, gayundin ng pagkagutom dahil sa Kapakanan ni Allah, o nanalunton sa mga landas upang papag-initin ang galit ng mga hindi sumasampalataya, o magkamal ng kapakinabangan mula sa kaaway. Katotohanang si Allah ay hindi magpapabaya na mawala ang gantimpala ng Muhsinun (mga tao na lubos na gumagawa ng mabuting gawa para sa Kapakanan ni Allah na walang pagpapakita upang mapansin o mapuri lamang ng iba). 121. Gayundin naman, sila ay hindi gumugugol ng anuman (para sa Kapakanan ni Allah), - maging ito ay maliit

o malaki, o ang tumawid sa lambak, na ito ay hindi nasusulat sa kanilang kapakinabangan, upang sila ay mabayaran ni Allah sa pinakamainam na kanilang ginawa (alalaong baga, si Allah ay magbibigay sa kanila ng gantimpala sa kanilang mabubuting gawa ng ayon sa katampatang ganti ng kanilang pinakamainam na gawa na kanilang ginawa sa pinakamainam na paraan).

122. At hindi isang (katampatan) para sa mga sumasampalataya na sama-samang lahat na humayo upang makipaglaban (Jihad, banal na pakikidigma). Sa bawat pulutong nila, isang pangkat lamang ang marapat na magpauna, upang sila (na naiwan) ay magkaroon ng katuruan (aral sa Islamikong) pananananampalataya, at upang kanilang mabigyang babala ang kanilang mga tao kung sila ay magbalik na sa kanila, upang sila ay maging maingat (na makagawa ng kasamaan).

123. O kayong nagsisisampalataya! Inyong labanan ang mga hindi sumasampalataya na malapit sa inyo (alalaong baga, mga kamag-anak o kaibigan), at hayaan silang makatagpo ng katigasan (ng loob) sa inyo, at inyong maalaman na si Allah ay nananatili sa Al-Muttaqun (mga matimtiman at matutuwid na tao). 124. At kailanman, kung may ipinapanaog na Surah (kabanata ng Qur'an), ang ilan sa kanila (na mga mapagkunwari) ay nagsasabi: "Sino ba sa inyo ang nagiging masidhi ang kanyang pananalig sa pamamagitan nito (ang kabanata ng Quran)?" At kung tungkol sa mga sumasampalataya, ito ay nakakapagpasidhi sa kanilang pananalig, at sila ay nangagagalak. 125. Datapuwa't sa kanila na ang puso ay may karamdaman (ng alinlangan, kawalan ng pananalig at pagkukunwari), ito ay makapagdaragdag

ng kutob at alinlangan sa kanilang paghihinala, kawalan ng pananalig at alinlangan, at sila ay mamamatay habang sila ay hindi nananampalataya. 126. Hindi baga nila namamasdan na sila ay sinusubukan, minsan o makalawa sa bawat taon (sa pamamagitan ng iba't ibang uri ng kapinsalaan, mga sakit, pagkagutom, atbp.). Magkagayunman, sila ay hindi nagbabalik loob sa pagtitika, gayundin, sila ay hindi natututo ng aral (mula rito). 127. At kailanma't may ipinapanaog na Surah (kabanata mula sa Qur'an), sila ay nagtitinginan sa bawat isa (na nagsasabi): "Mayroon ba na nakakakita sa inyo?" At sila ay tumatalikod. Si Allah ay nagbaling ng kanilang puso (palayo sa liwanag), sapagkat sila ay mga tao na hindi nakakaunawa.

128. Katotohanang may dumatal sa inyo na isang Tagapagbalita (Muhammad) mula sa inyong lipon (alalaong baga, na ganap ninyong batid). Nakakapagpalumbay sa kanya na kayo ay mangyaring makatanggap ng anumang kapinsalaan o kahirapan. Siya (Muhammad) ay nasasabik para sa inyo (na kayo ay matuwid na mapatnubayan at magtika kay Allah, at manikluhod sa Kanya upang iparaya at patawarin ang inyong mga kasalanan upang kayo ay makapasok sa Paraiso at maligtas sa kaparusahan ng Apoy ng Impiyerno), sapagkat sa mga sumasampalataya, (siya, si Muhammad) ay tigib ng pagkahabag, kabaitan at pagkaawa. 129. Datapuwa't kung sila ay magsitalikod, iyong ipagbadya (O Muhammad): "Si Allah ay sapat na sa akin. La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang Diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), sa Kanya ay inilalagay ko ang aking pagtitiwala at Siya ang Panginoon ng Kataas-taasang Luklukan."

Propeta Jonas

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. *Alif, Lam, Ra* (mga titik A, La, Ra).

2. Isa bagang kamangha-manghang bagay para sa sangkatauhan na Aming ipinahayag ang Aming Inspirasyon sa isang tao mula sa kanilang lipon (alalaong baga, si Propeta Muhammad)? Na kanyang paalalahanan ang sangkatauhan (sa nalalapit na kaparusahan sa Impiyerno), at magparating ng mabuting balita sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Kanyang Propetang si Muhammad), na kanilang tatamuhin mula sa kanilang Panginoon ang gantimpala sa kanilang mabubuting gawa. Datapuwa't ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Ito ay tunay at isang maliwanag na panggagaway (alalaong baga, si Propeta Muhammad at ang Qur'an)!"

3. Katotohanan, ang inyong Panginoon ay si Allah, na lumikha sa mga kalangitan at kalupaan sa anim na Araw, at in-Istawa (itinindig) Niya ang Kanyang Luklukan (ng kapamahalaan na naaayon sa Kanyang Kamahalan), na nagpapatupad at nagpapagalaw sa mga pangyayari ng lahat ng bagay. Walang sinuman ang makakapamagitan sa Kanya malibang Kanyang pahintulutan. Siya si Allah, ang inyong Panginoon, kaya't tanging paglingkuran lamang Siya. Kung gayon, kayo ba ay walang pag-aala-ala? 4. Sa Kanya ang pagbabalik ninyong lahat. Ang pangako ni Allah

ay tunay at tiyak. Siya ang nagpasimula ng paglikha at muli Niyang uulitin ito, upang Kanyang magantimpalaan ng may katarungan ang mga sumasampalataya (sa Islam at sa Kaisahan ni Allah) at nagsisigawa ng kabutihan. Datapuwa't sila na nagtatakwil sa Kanya ay makakalasap ng kumukulong inumin at kasakit-sakit na kaparusahan dahilan sa kanilang pagsalungat sa Kanya.

5. Siya ang lumikha sa araw bilang isang kumikislap na bagay at sa buwan bilang isang liwanag at Kanyang binigyang sukat ang mga ito sa mga antas (ng pag-inog) upang inyong mabilang ang mga taon (at buwan) at mapagbalikan ang panahon. Hindi ito nilikha ni Allah maliban sa katotohanan at katampatan. Kaya't sa ganito Niya ipinapaliwanag nang masusi ang Kanyang Ayat (mga tanda, katibayan, talata, aral, kapahayagan, atbp.) sa mga tao na may pang-unawa. 6. Katotohanan! Sa pagpapalitan ng gabi at araw at sa lahat ng mga nilikha ni Allah sa mga kalangitan at kalupaan, ito ay Ayat (mga tanda, katibayan, talata, aral, atbp.) sa mga tao na nagpapanatili ng kanilang tungkulin kay Allah at labis na may pangangamba sa Kanya. 7. Katotohanan, sila na hindi umaasam ng pakikipagtipan sa Amin at nararahuyo at nasisiyahan lamang sa pangkasalukuyang buhay sa mundong ito, at hindi nagbibigay ng pagpapahalaga sa Aming Ayat (mga tanda, katibayan, talata, aral, atbp.), 8. Ang kanilang hantungan ay Apoy, na siyang bunga ng kasamaan na kanilang kinita. 9. Katotohanan, sila na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah, kaugnay na rin ang iba pang anim na artikulo ng Pananampalataya, alalaong baga, ang sumampalataya lamang kay Allah, sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Kasulatan, sa Kanyang mga

Tagapagbalita, sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at sa Al-Qadar [Banal na Kasasapitan] at sa Islam), at nagsisigawa ng kabutihan, ang kanilang Panginoon ang mamamatnubay sa kanilang Pananalig; sa kanilang ibaba ay magsisidaloy ang mga ilog sa Hardin ng Kasiyahan (Paraiso). 10. Ang kanilang panambitan dito ay: "Subhanaka Allahumma (Luwalhatiin Kayo, O Allah)!" at "Salamun (Kapayapaan)" ang kanilang magiging batian dito (sa Paraiso), at ang pinakamalapit sa kanilang panambitan ay: "Alhamdu Lillahi Rabb-il Alamin (Ang lahat ng mga pagpupuri at pasasalamat ay kay Allah, ang Tagapanustos at Tagapagtangkilik ng lahat ng mga nilalang)!"

11. At kung mamadaliin lamang ni Allah para sa sangkatauhan ang kasamaan (na kanilang kinita), kung paano nila minamadali ang mabuti, ang kanilang palugit (o hantungan) ay naigawad na noon pa. Datapuwa't hinayaan Namin ang mga tao na hindi umaasa ng pakikipagtipan sa Amin, sa kanilang mga pagsuway, na gumagala rito at doon sa pagkaguliham. 12. At kung ang kasahulan ay dumatal sa tao, siya ay naninikluhod sa Amin, na nakahimlay sa kanyang tagiliran, o nakaupo o nakatayo. Datapuwa't kung mapawi na Namin ang kanyang dinaramdam, siya ay nagdaraan sa kanyang landas na wari bang Kami ay hindi niya pinanikluhuran sa kasahulan na sumaling sa kanya! Kaya't napag-aakala ng Musrifun (sila na nagpapabulaan kay Allah at sa Kanyang mga Propeta at lumalabag sa batas ni Allah sa paggawa ng lahat ng uri ng krimen at mga kasalanan) na ang kanilang ginagawa ay makatuwiran.

13. Katotohanang Aming winasak ang mga henerasyon na nauna sa inyo nang sila ay nagsigawa ng kamalian,

samantalang ang kanilang mga Tagapagbalita ay dumatal sa kanila na may maliwanag na Tanda (Katibayan), datapuwa't sila ay hindi nagsisampalataya! Kaya't sa ganito Namin ginagantihan ang Mujrimun (mga walang pananalig, makasalanan, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, pagano, tampalasan, atbp.). 14. At nilikha Namin na kayo ang sumunod sa mga naunang henerasyon sa maraming sali't saling lahi sa kalupaan upang mapagmalas Namin kung paano kayo magsisigawa!

15. At kung ang Aming maliliwanag na Ayat (mga Talata, aral, kapahayagan, atbp.) ay ipinahahayag sa kanila, sila na hindi umaasam ng pakikipagtipan sa Amin ay nagsasabi: "Dalhin mo sa amin ang Qur'an na iba pa rito, o (iyong) baguhin ito". Ipagbadya (O Muhammad): "Wala sa akin ang kapamahalaan upang baguhin ito, sinusunod ko lamang kung ano ang ipinahayag sa akin. Katotohanan, kung ako ay susuway sa aking Panginoon, ako ay nangangamba sa kaparusahan ng Dakilang Araw (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay)." 16. Ipagbadya (O Muhammad): "Kung ninais (lamang) ni Allah, hindi ko sana ito ipinahayag sa inyo, gayundin naman ay hindi Niya ito ipapaalam sa inyo. Katotohanang ako ay pumisan sa inyo sa aking habang buhay bago pa (dumatal) ito. Wala baga kayong pang-unawa?" 17. Sino pa ba kaya ang higit na gumagawa ng kamalian maliban sa kanya na kumakatha ng kasinungalingan laban kay Allah o nagtatatwa sa Kanyang Ayat (mga tanda, katibayan, talata, aral, kapahayagan, atbp.)? Katotohanan, ang Mujrimun (mga makasalanan, walang pananampalataya, kriminal, pagano, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, atbp.) ay hindi magtatagumpay!

18. At sila ay naglilingkod maliban pa kay Allah sa mga bagay na hindi makakapinsala sa kanila o makakapagbigay sa kanila ng kapakinabangan, at sila ay nagsasabi: “Ito ang aming mga tagapamagitan kay Allah”. Ipagbadya: “Kayo baga ay nagsasabi ng mga bagay na hindi nababatid ni Allah sa mga kalangitan at kalupaan?” Luwalhatiin Siya! Higit Siyang Mataas sa lahat ng mga itinatambal nila sa Kanya! 19. Ang sangkatauhan (noon) ay isa lamang pamayanan (alalaong baga, may isang paniniwala lamang sa nag-iisang Diyos, at sa isang relihiyon, ang Islam), datapuwa’t sila ay nagkahidwa-hidwa nang lumaon. At kung hindi (lamang) sa Salita na ipinarating noong una mula sa inyong Panginoon, ang kanilang pagkakahidwa-hidwa ay naayos na sana sa kani-kanilang sarili tungkol sa bagay na hindi nila pinagkakasunduan.

20. At sila ay nagsasabi: “Bakit kaya hindi ipinanaog sa kanya ang anumang Tanda mula sa kanyang Panginoon?” Ipagbadya: “Ang bagay na nalilingid ay angkin lamang ni Allah. Kaya’t kayo ay maghintay; ako rin ay maghihintay na kasama ninyo (sa paghuhukom ni Allah).” 21. At nang hinayaan Naming lumasap ang sangkatauhan ng habag (mula sa Amin) matapos ang kagipitan ay dumatal sa kanila, (inyong) pagmasdan! Sila ay nagbabalak (ng masama) laban sa Aming Ayat (mga tanda, katibayan, talata, aral, atbp.)! Ipagbadya: “Si Allah ay higit na Maagap sa pagbabalak!” Katotohanan, ang Aming mga Tagapagbalita (mga anghel) ay nagtatala ng lahat ng inyong binabalak.

22. Siya (Allah) ang nagpapahintulot upang matahak ninyo ang kalupaan at karagatan, at nang kayo ay nakasakay na sa barko, kayo ay naglalayag sa kaaya-ayang ihip ng hangin,

at kayo ay nagsisipagsaya dahil dito. Datapuwa't nang dumating ang nag-aalimpuyong hangin at mga malalaking alon sa kanilang paligid, at nang napag-akala nila na sila ay lalagumin na (ng dagat) ay pinanikluhuran nila si Allah nang matapat at dalisay na pananampalataya na tangi lamang sa Kanya, na nagsasabi: "Kung kami ay Inyong ililigtas, kami ay tunay na tatanaw ng utang na loob ng pasasalamat!"
23. Datapuwa't nang sila ay mailigtas na Niya, (inyong) pagmasdan! Sila ay nagsilabag (sa pag-uutos ni Allah) sa kalupaan, sa pagsuway sa katuwiran! O sangkatauhan! Ang inyong paghihimagsik (pagsuway kay Allah) ay isa lamang kasahulan ng inyong sariling kaluluwa, - isang maigsing pananagana sa pangkasalukuyang buhay sa mundong ito, (at sa katapusan), sa Amin ang inyong pagbabalik, at ipamamalas Namin sa inyo ang katotohanan ng inyong ginawa.
24. Katotohanan, ang kahalintulad ng pangkasalukuyang buhay sa mundong ito ay tulad ng ulan na pinamalisbis Namin mula sa alapaap, at sa pagsipsip ng kalupaan, ito ay naghatid ng mga pag-aani ng maraming bunga na nagsisilbing pagkain ng mga tao at mga hayop hanggang nang ang kalupaan ay mapuspos ng ginintuang pahiyas at kagandahan, ang mga tao na nagmamay-ari nito ay nag-aakalang sila ay may kapamahalaan sa lahat dito. At dito, ang Aming pag-uutos ay nakakaabot sa gabi o sa araw, at ginawa Namin ito na parang nalinisan ng traktorang pang-ani, na wari bang ito ay hindi nanagana kahapon (lamang). Kaya't sa ganito Namin ipinapaliwanag ang Ayat (mga tanda, katibayan, talata, aral, atbp.) nang masinsinan, sa mga tao na may pagmumuni-muni.

25· Si Allah ay nananawagan tungo sa Tahanan ng
Kapayapaan (alalaong baga, sa Paraiso, sa pamamagitan
nang pagtanggap sa Islam, ang relihiyon ni Allah, at sa
paggawa ng mga kabutihan at pag-iwas sa pagsamba sa mga
diyus-diyosan at masasamang gawa). Pinapatnubayan Niya
ang sinumang Kanyang maibigan sa matuwid na landas.
26· At sa mga nagsigawa ng kabutihan ay may mabuting
gantimpala (alalaong baga, ang Paraiso), tunay, may higit
pa rito (alalaong baga, ang pagkakaroon ng karangalan na
mamalas ang Mukha ni Allah)! Walang anumang kadiliman
o alikabok at kahihiyan ang lalambong sa kanilang mukha!
Sila ang magsisitahan sa Paraiso upang manatilili rito
magpakailanman. 27· At sa mga nagsigawa ng kasamaan,
ang kabayaran ng kasamaan ay (katumbas) na kasamaan
din, isang kaaba-abang kahihiyan ang tatakip sa kanilang
mukha. Walang sinumang tagapagtanggol ang maaasahan
nila mula kay Allah. Ang kanilang mukha ay matatakpan,
na tila ba mula sa mga piraso ng kadiliman ng gabi. Sila ang
magsisitahan sa Apoy, mananatili sila rito magpakailanman.
28· At sa Araw na silang lahat ay Aming titipunin, ay Aming
ipagsasaysay sa kanila na nagtatambal sa Amin sa iba pang
diyos: "Humimpil kayo sa inyong lugar! Kayo at ang inyong
mga katambal (na inyong sinamba sa makamundong
buhay). At sila ay Aming pagbubukud-bukurin, at ang
kanilang (itinuturing) na mga katambal ay magsasabi:
"Hindi kami yaong inyong sinamba! 29· Sapat na si Allah
bilang saksi sa pagitan natin, katotohanang wala kaming
kaalaman sa inyong pagsamba sa amin!" 30· Dito! Ang lahat
ng tao ay makakabatid (nang buong ganap) sa naging bunga
ng kanilang mga gawa noon, at sila ay ibabalik kay Allah,

ang kanilang Nagmamay-aring Panginoon, at ang kanilang huwad na mga diyus-diyosan ay maglalaho sa kanilang harapan.

31. Ipagbadya: “Sino ang nagkakaloob sa inyo (ng mga panustos) mula sa langit at mula sa lupa? O sino baga ang nagmamay-ari ng pandinig at paningin? At sino baga ang nagpapanumbalik ng buhay mula sa mga patay at ng patay sa pagkabuhay? At sino baga ang namamahala sa lahat ng pangyayari ng mga bagay-bagay? Sila ay kagyat na magsasabi: “Si Allah”. Ipagbadya: “Hindi baga kayo nangangamba sa kaparusahan ni Allah (sa inyong pag-aakibat ng mga katambal sa Kanya sa pagsamba)?” 32. Siya si Allah, ang tunay mong Panginoon, ang Tagapanustos at Tagapagtangkilik. Kaya’t matapos ang Katotohanan, ano pa ang natitira rito maliban sa kamalian? Paano kayo kung gayon napalayo (sa tamang landas)? 33. Kaya’t ito ang Salita ng iyong Panginoon na makatuwiran laban sa mga naghihimagsik (sumusuway kay Allah), katotohanang sila ay hindi mananampalataya (sa Kaisahan ni Allah at kay Muhammad bilang Tagapagbalita ni Allah).

34. Ipagbadya: “Mayroon kaya baga sa mga diyus-diyosan na itinatambal ninyo kay Allah ang nagpasimula ng paglikha at magpapanumbalik nito?” Ipagbadya: “Si Allah ang nagpasimula ng paglikha at muling magpapanumbalik nito. Kung gayon, paano kayo napaligaw nang malayo (sa katotohanan)?” 35. Ipagbadya: “Mayroon kaya baga sa mga diyus-diyosan na itinatambal ninyo kay Allah ang makakapamatnubay sa inyo sa Katotohanan?” Ipagbadya: “Si Allah, Siya ang namamatnubay sa Katotohanan. Siya kaya na nakakapamatnubay sa Katotohanan ay

higit na may karapatan upang sundin o siya kaya na hindi nakakapamatnubay sa kanyang sarili maliban na siya ay patnubayan? Kung gayon, ano ang nangyayari sa inyo? Paano kayo humahatol?" 36. At ang karamihan sa kanila ay sumusunod sa wala bagkus ay mga haka-haka lamang. Katiyakan, ang mga haka-haka lamang ay hindi makakapanaig sa Katotohanan. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakakabatid ng lahat ninyong ginagawa.

37. At itong Qur'an ay hindi maaaring maipahayag ng iba maliban pa kay Allah (ang Panginoon ng mga kalangitan at kalupaan), bagkus ito ang nagpapatunay ng kapahayagan (rebelasyon) na dumating noong pang una (alalaong baga, ang Torah [mga Batas], Ebanghelyo, atbp.), at isang ganap na paliwanag sa Aklat (alalaong baga, sa mga batas at alituntunin, atbp. na ipinag-utos sa sangkatauhan), na rito ay walang alinlangan mula sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang. 38. O sila ba ay nagsasabi: "Siya (Muhammad) ay nanghuwad lamang nito?" Ipagbadya: "Dalhin ninyo kung gayon ang isang Surah (kabanata) na katulad nito, at tawagin ninyo kung sinuman ang inyong nais maliban kay Allah, kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan!" 39. Hindi, itinatakwil nila ito; ang kaalaman dito ay hindi nila mapaglirip, bago pa man ang paliwanag ay sumapit sa kanila. Kaya't ang mga nauna sa kanila ay nagsipagtakwil. Kaya't inyong pagmasdan kung ano ang kinasapitan ng Zalimun (mga mapaggawa ng kabuktutan, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, atbp.)!

40. At sa karamihan nila ay mayroong iba na sumasampalataya rito, datapuwa't ang iba sa karamihan nila ay hindi sumasampalataya rito, at ang iyong Panginoon

ay Ganap na Nakakabatid kung sino ang Mufsidun (mga mapaggawa ng kasamaan, sinungaling, buktot, atbp.). 41. At kung ikaw ay kanilang pabulaanan, iyong ipagbadya: "Sa akin ang aking mga gawa at sa inyo ang inyong mga gawa! Wala kayong pananagutan sa aking mga ginagawa at wala rin akong pananagutan sa inyong mga ginagawa!" 42. At ang iba sa karamihan nila ay dumirinig sa iyo (O Muhammad), subalit kaya mo bang gawin na ang bingi ay makarinig, kahit na sila ay walang pang-unawa? 43. At ang iba sa karamihan nila ay nagmamasid sa iyo (O Muhammad), subalit kaya mo bang patnubayan ang bulag, kahit na sila ay hindi nakakakita? 44. Katotohanan! Si Allah ay hindi magliligaw (nang palayo sa kabutihan) sa sangkatauhan sa anupaman, datapuwa't ang sangkatauhan ang nagligaw sa kanilang sarili.

45. At sa Araw na sila ay Kanyang titipunin (sa muling pagbangon), dito nila mapagtatanto na wari bang sila ay namalagi lamang ng isang oras sa isang araw (sa buhay sa mundong ito). Mapagkikilala nila ang isa't isa. Tunay na masaklap ang kahihinatnan ng mga nagtatakwil sa pakikipagtipan kay Allah, at sila ay hindi napapatnubayan. 46. Kahit na ipamalas Namin sa iyo (sa panahon ng iyong buhay, O Muhammad) ang ilan sa mga ipinangako Namin sa kanila (na kaparusahan), - o bawiin Namin ang iyong buhay, - magkagayunman ay sa Amin (pa rin) ang kanilang pagbabalik, at higit sa lahat, si Allah ang nakakasaksi sa kanilang ginagawa.

47. At sa bawat Ummah (isang pamayanan o isang bansa) ay mayroong isang Tagapagbalita; kung ang kanilang Tagapagbalita ay dumatal, ang mga bagay-bagay ay

hahatulan sa pagitan nila ng may katarungan, at sila ay hindi mapapalungi.

48. At sila ay nagsasabi: “Kailan kaya magaganap ang pangakong ito (Araw ng Muling Pagkabuhay), - kung ikaw ay nagsasaysay ng katotohanan?” 49. Ipagbadya (O Muhammad): “Ako ay walang kapangyarihan sa anupamang kasahulan o kapakinabangan sa aking sarili maliban sa anumang pahintulutan ni Allah. Sa bawat Ummah (isang pamayanan o isang bansa) ay mayroong natataningang panahon; kung ang katakdaan ay sumapit na, wala ni isang oras (o isang sandali) ang makakaantala rito, o di kaya ay wala ni isang oras (o isang sandali) ang makakapanguna rito. 50. Ipagbadya: “Sabihin ninyo sa akin; kung ang Kanyang kaparusahan ay sumapit sa inyo sa araw man o maging sa gabi, - ano kayang bahagi nito ang mamadaliin ng Mujrimun (mga mapaggawa ng kabuktutan, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig, kriminal, atbp.)? 51. Magsisipaniwala ba kayo rito, kung sa wakas ito ay dumatal sa inyo? (Sa kanila ay ipagsasaysay:) “Ah! Ano? Ngayon (kayo ay naniniwala)? Hindi ba ito ang ninanais ninyo noon na madaliin?” 52. At sa kanila na nagpalungi sa kanilang sarili ay ipagsasaysay: “Lasapin ninyo ang walang hanggang kaparusahan! Hindi baga kayo ay binayaran lamang (ng ayon) sa anumang inyong kinita!”

53. At inuusisa ka nila (O Muhammad) na ipaalam sa kanila, (at sila ay nagsasabi): “Ito ba ay totoo (alalaong baga, ang Kaparusahan at ang pagtatatag ng Oras, ang Araw ng Muling Pagkabuhay)?” Ipagbadya: “Tunay nga, sa pamamagitan ng aking Panginoon! Ito ang sakdal na katotohanan! At kayo ay hindi makakatakas dito!” 54. At kung ang bawat

kaluluwa na napalungi (sa pamamagitan ng di paniniwala kay Allah at pagsamba sa mga diyus-diyosan) ay nagtataglay ng lahat ng mga kayamanan na nasa kalupaan, at balakin niyang ipambayad ito (sa kanyang kaligtasan, at ito ay hindi tatanggapin), sila ay makadarama sa kanilang puso ng pagsisisi kung mapagmalas na nila ang kaparusahan, at sila ay huhukuman sa katarungan, at walang pagkapalungi (di katarungan) ang ipapataw sa kanila. 55. Katotohanan, hindi baga si Allah ang nag-aangkin ng lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan? Walang alinlangan, katiyakang ang Pangako ni Allah ay totoo. Datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi nakakaunawa. 56. Siya (Allah) ang tanging nagkakaloob ng buhay, at naggagawad ng kamatayan, at kayong lahat sa Kanya ay magbabalik.

57. O Sangkatauhan! Dumatal sa inyo ang mabuting pagpapayo (Qur'an) mula sa inyong Panginoon (na nag-uutos ng lahat ng mabuti at nagbabawal ng lahat ng masama), at isang kagalingan (sa sakit ng kawalang kamuwangan, pag-aalinlangan, pagkukunwari at pagkakahidwa, atbp.) na nasa inyong dibdib, - isang Patnubay at Habag (na nagpapaliwanag sa mga bawal at mga pinahihintulutang bagay) sa mga sumasampalataya. 58. Ipagbadya: "Sa mga Biyaya ni Allah at sa Kanyang Habag (alalaong baga, ang Islam at Qur'an); - dito, hayaang sila ay mangagalak." Ito ay higit na mabuti sa anumang kayamanang kanilang nakamtan. 59. Ipagbadya (O Muhammad, sa mga sumasamba sa diyus-diyosan): "Sabihin ninyo sa akin, anong mga panustos (na kabuhayan) ang ipinanaog sa inyo ni Allah! At ginawa ninyo ito bilang pinahihintulutan at ipinagbabawal." Ipagbadya (O Muhammad: "Ito ba

ay pinahintulutan sa inyo ni Allah (upang gawin ito) o kayo ba ay nagsisigawa ng kasinungalingan laban kay Allah?" 60. At ano ang inaakala ng mga kumakatha ng mga kasinungalingan laban kay Allah, sa Araw ng Muling Pagkabuhay? (alalaong baga, sila ba ay nag-aakala na sila ay patatawarin at hindi papatawan ng kaparusahan. Hindi, sila ay lalasap ng walang hanggang kaparusahan sa Apoy ng Impiyerno). Katotohanang si Allah ay Tigib ng Biyaya sa sangkatauhan, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay walang utang na loob ng pasasalamat.

61. At kung anuman ang ginagawa mo (O Muhammad), at kung anumang bahagi ng Qur'an ang iyong dinadalit, - at kung anuman ang ginagawa ninyo (O Sangkatauhan, mabuti man o masama), Kami ang Saksi rito, nang ito ay inyong ginagawa. At walang anuman ang nalilingid sa inyong Panginoon kahima't ito ay kasingbigat ng atomo o kasingliit ng langgam dito sa kalupaan at kalangitan, gayundin naman kung ito ay higit o kulang, bagkus ay nasa isang maliwanag na Talaan. 62. Walang alinlangan! Katotohanan, ang mga Kapanalig ni Allah (Auliya, alalaong baga, sila na sumasampalataya sa Kaisahan ni Allah at labis na nangangamba sa Kanya sa pamamagitan nang pag-iwas sa lahat ng uri ng mga kasalanan at higit na nagmamahal kay Allah sa pamamagitan nang paggawa ng lahat ng uri ng kabutihan na Kanyang ipinag-utos), walang pangangamba ang sasapit sa kanila, gayundin, sila ay hindi malulumbay. 63. Sila na sumasampalataya kay Allah (at sa Kanyang Kaisahan) at may pagkatakot sa Kanya sa pamamagitan nang pag-iwas sa mga masasamang gawain at kasalanan at nagsisigawa ng mga kabutihan, 64. Sasakanila ang Mabuting

Balita, dito sa buhay sa pangkasalukuyang mundo at sa Kabilang Buhay. Walang mababago sa mga Salita ni Allah, ito ang tunay na Malunggating Tagumpay. 65. At huwag bayaan na ang kanilang mga pangungusap ay maghatid kalumbayan sa iyo (O Muhammad), sapagkat ang lahat ng kapangyarihan at karangalan ay kay Allah lamang. Siya ang Ganap na Nakakarinig ng lahat ng bagay, ang Puspos ng Kaalaman. 66. Walang alinlangan! Si Allah lamang ang nag-aangkin ng anupamang nasa kalangitan at anupamang nasa kalupaan. At ang mga sumasamba at nananawagan sa mga iba maliban pa kay Allah, sa katotohanan, sila ay hindi sumusunod sa mga inaakala nilang (kapulutong) ni Allah, bagkus sila ay sumusunod lamang sa mga haka-haka at kumakatha lamang sila ng mga kasinungalingan. 67. Siya nga (Allah) ang naggawad sa inyo ng gabi upang kayo ay makapagpahingalay at ng araw upang ang mga bagay ay inyong mamasdan. Katotohanang dito ay mayroong Ayat (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral, atbp.) sa mga tao na dumirinig (at nagmumuni-muni).

68. Sila (ang mga Hudyo, Kristiyano at Pagano) ay nagsasabi: "Si Allah ay nagkaroon ng anak (na lalaki, o mga supling)." Luwalhatiin Siya! Siya ay Masagana (hindi nangangailangan ng anupaman). Sa Kanya ang anupamang nasa mga kalangitan at kalupaan. Wala kayong karapatan na sabihin ito. Nagsasalita baga kayo kay Allah ng mga (bagay) na hindi ninyo napag-uunawa. 69. Ipagbadya: "Katotohanan, ang mga nagsisigawa ng kasinungalingan laban kay Allah ay hindi magsisipagtagumpay, - 70. Isa lamang maigsing pagsasaya rito sa mundo!, - at sa Amin ang kanilang pagbabalik, at igagawad Namin sa kanila

ang pinakamasakit na kaparusahan sapagkat sila ay hindi sumampalataya (kay Allah at nagpabulaan sa Kanyang mga Tagapagbalita, nagtatatwa at humahamon sa Kanyang Ayat [mga katiyaban, tanda, kapahayagan, atbp.]).

71. At ipagbadya sa kanila ang balita tungkol kay Noe, nang sabihin niya sa kanyang pamayanan: "O aking mga tao, kung ang aking pananatili sa inyo at ang aking pagpapaala-ala sa inyo ng Ayat (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral, atbp.) ni Alah ay mahirap para sa inyo, kung gayon, ako ay lubos na nagpapasakop kay Allah. Kaya't isagawa ninyo ang inyong balak, kayo at ang inyong mga kabig, at huwag hayaan ang inyong balak ay magbigay alinlangan sa inyo. At igawad ninyo sa akin ang inyong hatol at ako ay huwag (ninyong) bigyan ng pagkakataon. 72. Datapuwa't kung kayo ay magsitalikod (sa pagyakap ng tunay na Islam at pagsamba sa mga iba maliban pa kay Allah), kung gayon, walang gantimpala ang aking hinihingi sa inyo, ang aking gantimpala ay mula lamang kay Allah, at ako ay pinag-utusan na maging isa sa mga Muslim (na sumusunod lamang sa mga batas ni Allah)." 73. Kanilang itinakwil siya (Noe), subalit Aming iniligtas siya at ang kanyang mga kasama sa barko, at sila ay ginawa Naming mga lahi na naghali-halihi (nagpasalin-salin) sa bawat isa, samantalang Aming nilunod ang mga nagpasinungaling sa Aming Ayat (mga tanda, katibayan, aral, kapahayagan, atbp.). Kaya't pagmasdan ang kinahinatnan ng mga pinaalalahanan.

74. Kaya't pagkatapos niya (Noe), Kami ay nagsugo ng mga Tagapagbalita sa kanyang pamayanan. Sila ay nagdala sa kanila ng mga Maliliwanag na Katibayan, datapuwa't tumutol silang paniwalaan ang sa kanila ay ipinahayag noon

pang una. Kaya't sa ganito Namin tinatakpan ang puso ng mga nagmamalabis sa paglabag (na nagtatakwil sa Kaisahan ni Allah at sumusuway sa Kanya).

75· At pagkaraan nila ay Aming isinugo sina Moises at Aaron kay Paraon at sa kanyang mga pinuno na dala ang Aming Ayat (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral, atbp.). Datapuwa't sila ay nag-asal ng may kapalaluan at sila ay Mujrimun (mga walang paniniwala, makasalanan, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, kriminal, atbp.). 76· Kaya't nang dumatal sa kanila ang katotohanan mula sa Amin, sila ay nagsasabi: "Katiyakang ito ay isang malinaw na salamangka." 77· Si Moises ay nagbadya: "Sinasabi ba ninyo (ito) hinggil sa Katotohanan nang ito ay dumatal sa inyo? Ito ba ay salamangka? Datapuwa't ang mga salamangkero ay hindi magtatagumpay." 78· Sila ay nagsasabi: "Kayo ba ay pumunta sa amin upang pagbawalan kami sa pagsunod sa pananalig na minana namin sa aming mga ninuno, - at upang kayong dalawa ay maging dakila sa kalupaan? Kayong dalawa ay hindi namin paniniwalaan!"

79· At si Paraon ay nag-utos: "Dalhin ninyo sa akin ang bawat magagaling na manggagaway (salamangkero)." 80· At nang ang mga manggagaway (salamangkero) ay dumating, si Moises ay nagsabi sa kanila: "Inyong ihagis (sa ibaba) ang nais ninyong ihagis!" 81· At nang kanilang maihagis (ito) sa ibaba, si Moises ay nagwika: "Ang inyong dinala ay panggagaway (salamangka), katiyakang si Allah ay magpapawalang bisa rito. Katotohanang si Allah ay hindi nagbibigay ng kaganapan sa mga gawa ng Al-Mufsidun (mga mapanglinlang, makasalanan, tiwali, atbp.)." 82· At si Allah ang magtatatag at magpapamalas sa inyo ng Katotohanan

sa pamamagitan ng Kanyang mga Salita, kahima't ang Mufsidun (mga buktot, kriminal, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig, atbp.) ay lubhang mamuhi rito."

83. Datapuwa't walang sinuman ang naniwala kay Moises maliban sa mga angkan ng kanyang mga tao (pamayanan) dahilan sa kanilang pangangamba kay Paraon at sa kanyang mga pinuno na baka sila ay kanilang pagmalupitan; at katotohanang si Paraon ay isang palalo, mapagmalupit sa kalupaan, katiyakang siya ay isa sa Musrifun (mga buktot at mapagsamba sa diyus-diyosan, nagpapabulaan sa katotohanan at gumagawa ng lahat ng uri ng kasalanan). 84. At si Moises ay nagbadya: "O aking pamayanan! Kung kayo ay nagsisisampalataya kay Allah, kung gayon, lubusin ninyo ang pagtitiwala sa Kanya kung kayo ay mga Muslim (na tumatalima sa Kanyang Kalooban)." 85. Sila ay nagsabi: "Kay Allah ay ibinigay namin ang aming pagtitiwala. Aming Panginoon! Kami ay huwag Ninyong gawin na isang pagsubok sa mga tao na Zalimun (mga buktot, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, pagano, tampalasan, atbp. [alalaong baga, na kami ay huwag nilang mapangibabawan ng kanilang kasamaan]). 86. At Inyong iadya kami sa pamamagitan ng Inyong Habag sa mga hindi nananampalatayang tao."

87. At pinatnubayan Namin si Moises at ang kanyang kapatid (na nagsasabi): "Magsipanirahan kayo at ng inyong angkan sa Ehipto, at gawin ninyo ang inyong mga tirahan bilang lugar ng inyong pagsamba, at mag-alay ng palagiang pagdalangin nang mahinusay (Iqamat-as-Salah) at maghatid ng Masayang Balita sa mga nananampalataya."

88. At si Moises ay nagsabi: "O aming Panginoon!

Katotohanang ipinagkaloob Ninyo kay Paraon at sa kanyang mga pinuno ang kinang at kayamanan sa buhay sa mundong ito, aming Panginoon! Upang mapatnugutan nila ang mga tao na maligaw sa Inyong Landas. Aming Panginoon! Salantahin Ninyo ang kanilang kayamanan at patigasin Ninyo ang kanilang puso upang sila ay hindi manampalataya hanggang sa mamasdan nila ang kasakit-sakit na kaparusahan."

89. Si Allah ay nagwika: "Katotohanan, ang inyong panambitan ay aking dininig. Kaya't manatili kayo sa tuwid na landas (alalaong baga, inyong ipagpatuloy ang paggawa ng kabutihan at matiyagang pangangaral ng Mensahe ni Allah) at huwag ninyong sundin ang landas ng mga hindi nakakabatid ng Katotohanan (alalaong baga, ang paniniwala sa Kaisahan ni Allah, at gayundin sa pananalig sa Gantimpala ni Allah; ang Paraiso, atbp.)."

90. At dinala Namin ang mga Angkan ng Israel sa kabilang ibayo ng dagat, at si Paraon at ang kanyang mga kabig ay tumugaygay sa kanila ng may pagkagalit at pang-aapi hanggang sa sumapit (ang sandali) na sila ay malulunod, siya ay nagsabi: "Ako ay nananampalataya sa La ilaha illa (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), na wala ng iba pang diyos maliban kay Allah," na siyang pinananampalatayaan ng mga Angkan ng Israel, at ako ay isa sa mga Muslim (na sumusuko sa Kalooban ni Allah)." 91. Ngayon (ikaw ay naniniwala), bagama't noon, ikaw ay nagtakwil sa katotohanan at ikaw ay isa sa Mufsidun (mga buktot, makasalanan, tampalasan, atbp.). 92. Kaya't sa araw na ito ay Aming pananatilihin ang iyong (patay) na katawan (mula sa dagat) upang ikaw

ay maging isang Tanda sa mga tao na isisilang pagkatapos mo! Katotohanang marami sa sangkatauhan ang hindi sumusunod sa Aming Ayat (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral, atbp.).

93. At katotohanang Aming itinira ang mga Angkan ng Israel sa isang karangal-rangal na lugar (Sham at Ehipto), at Aming pinagkalooban sila ng mga mabubuting bagay, at sila ay nagkaroon ng pagkakahidwa-hidwa matapos ang kaalaman ay dumatal sa kanila. Katotohanang si Allah ang hahatol sa pagitan nila sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa mga bagay na hindi nila pinagkakasunduan.

94. Kaya't kung ikaw (O Muhammad) ay may pag-aalinlangan sa mga bagay na ipinahayag Namin sa iyo (alalaong baga, na ang iyong pangalan ay nakasulat sa Torah [mga Batas] at Ebanghelyo), kung gayon, ay iyong tanungin ang mga nagbabasa ng Aklat (ang Torah [mga Batas] at Ebanghelyo) na una pa sa iyo. Katiyakan, ang Katotohanan ay dumatal sa iyo mula sa iyong Panginoon. Kaya't huwag kang mapabilang sa mga may pag-aalinlangan (dito). 95. At huwag kang mapabilang sa mga nagpapasinungaling sa Ayat (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral, atbp.) ni Allah, kung magkagayon, ikaw ay isa sa mga mapapaligaw.

96. Katotohanan! Sila, na ang Salita (Poot) ni Allah ay binigyang katarungan laban sa kanila, ay hindi mananampalataya. 97. Kahima't ang bawat Tanda ay dumatal sa kanila, - hanggang sa kanilang mamasdan ang kasakit-sakit na kaparusahan. 98. Mayroon baga kayang bayan (pamayanan) na sumampalataya (makaraang mamasdan [nila] ang kaparusahan), at ang kanilang Pananalig (sa sandaling yaon) ay nakapagligtas sa kanila (sa kaparusahan)?

(Ang kasagutan ay wala), maliban sa mga tao ni Jonas; nang sila ay sumampalataya, ay Aming pinalis sa kanila ang kaparusahan ng kahihiyan sa buhay ng (pangkasalukuyang) mundo, at pansamantala Naming binayaan sila na maging masaya.

99. At kung ninais lamang ng iyong Panginoon, ang lahat ng mga nasa kalupaan ay sasampalataya, lahat sila, nang sama-sama. Kaya't ikaw (O Muhammad), iyong pasunurin ang sangkatauhan hanggang sa sila ay maging mananampalataya. 100. Walang kakayahan ang sinumang tao na manampalataya, maliban sa pamamagitan ng kapahintulutan ni Allah, at Kanyang igagawad ang poot sa mga hindi dumirinig.

101. Ipagbadya: "Pagmasdan, ano baga kaya ang nasa kalangitan at kalupaan," datapuwa't maging ang Ayat (mga tanda, kapahayagan, aral, katibayan, atbp.) o mga Tagapagbabala ay hindi makakapagbigay ng kapakinabangan sa mga hindi sumasampalataya. 102. Kaya't sila baga ay naghihintay (sa anuman) maliban (sa kapinsalaan na nangyari) sa panahon ng mga tao na nauna sa kanila? Ipagbadya: "Kayo ay maghintay, ako (rin) ay maghihintay sa lipon ninyo na naghihintay." 103. Nguni't (sa katapusan), Aming iniligtas ang Aming mga Tagapagbalita at ang mga sumampalataya! Ito ay isang katungkulan sa Amin na iligtas ang mga nananampalataya.

104. Ipagbadya (O Muhammad): "O kayong sangkatauhan! Kung kayo ay nag-aalinlangan sa aking relihiyon (Islam), kung gayon, inyong maalaman na kailanman ay hindi ko sasambahin ang inyong sinasamba maliban lamang kay Allah. Datapuwa't sinasamba ko si Allah na nagkakaloob sa

inyo ng kamatayan, at ako ay pinag-utusan na maging isa sa mga nananampalataya." 105. (At ito ay ipinahayag sa akin): "Ituon mo ang iyong mukha (O Muhammad) nang lubos sa relihiyong Hanifan (Kaisahan ni Allah at Pagsamba lamang sa Kanya, sa Islam), at ikaw kailanman ay huwag mapabilang sa Mushrikun (mga sumasamba sa maraming diyus-diyosan, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, atbp.)." 106. At huwag kang manawagan sa mga iba pa na kasama si Allah, sila na hindi makakapagbigay sa iyo ng kapakinabangan, at hindi rin makakapagbigay sa iyo ng kasahulan, datapuwa't kung ito ay iyong gawin, walang pagsala na ikaw ay magiging isa sa Zalimun (mga buktot, mapaggawa ng mga kamalian, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, atbp.). 107. At kung si Allah ay maggawad sa iyo ng kasakitan, walang sinuman ang makakapawi nito maliban sa Kanya, at kung naisin Niya ang anumang kabutihan sa iyo, walang sinuman ang makakahadlang sa Kanyang biyaya na Kanyang ipinararating sa sinuman sa Kanyang mga alipin na Kanyang maibigan. At Siya ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

108. Ipagbadya: "O kayong sangkatauhan! Ngayon, ang Katotohanan (alalaong baga, ang Qur'an at si Propeta Muhammad) ay dumatal sa inyo mula sa inyong Panginoon. Kaya't kung sinuman ang tumanggap ng patnubay, ginawa niya ito tungo sa kapakanan ng kanyang sarili, at kung sinuman ang maligaw, ginawa niya ito tungo sa kasahulan ng kanyang sarili, at ako (Muhammad) ay hindi itinalaga sa inyo bilang isang Wakil (na makakapamatnubay sa inyo upang pilitin kayo na mapatnubayan)." 109. At (ikaw, O Muhammad), iyong sundin ang kapahayagan na ipinarating

sa iyo, at maging matimtiman hanggang sa igawad ni Allah ang Kanyang paghatol. At Siya ang Pinakaganap sa lahat ng mga Hukom.

Surah 11 • Hud

Propeta Hud

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Alif, Lam, Ra (mga titik A, La, Ra).

(Ito ay isang) Aklat, na ang mga Talata ay pinaging ganap (sa bawat anggulo ng karunungan, atbp.), at ipinaliwanag nang masusi, na nagmula sa Tanging Isa (Allah), na Siyang Lubos na Maalam at Ganap na Nakakabatid (ng lahat ng bagay). 2. (Na nagsasabing) sambahin lamang si Allah. Katotohanang ako (Muhammad), ay mula sa Kanya para sa inyo bilang isang tagapagbabala at tagapaghatid ng Masayang Balita. 3. At (nag-uutos sa inyo): "Hanapin ninyo ang pagpapatawad ng inyong Panginoon, at magsipanumbalik kayo sa Kanya ng may pagsisisi upang kayo ay mabiyayaan Niya ng mabuting pagsasaya sa natatatakdaang panahon, at ipagkaloob Niya ang Kanyang nag-uumapaw na Biyaya sa bawat nagmamay-ari ng biyaya (alalaong baga, ang mga tumutulong at naglilingkod sa mga nangangailangan at karapat-dapat sa pamamagitan ng kanyang lakas at kayamanan). Datapuwa't kung kayo ay tumalikod, ako ay nangangamba para sa inyo sa kaparusahan ng Dakilang Araw (alalaong baga, ang Araw

ng Muling Pagkabuhay). 4· Kay Allah ang inyong pagbabalik, at Siya ay may Kakayahan na makagawa ng lahat ng bagay.

5· Walang alinlangan! Itiniklop nila ang kanilang dibdib upang sila ay magkubli sa Kanya. Katotohanan, kahit na damitan nila ang kanilang sarili ng kasuutan, batid Niya kung ano ang kanilang ikinukubli at kung ano ang kanilang inilalantad. Katotohanang Siya ang Ganap na Nakakaalam (ng pinakaubod na mga lihim) ng mga dibdib. 6· At walang (gumagalaw) na nilikha ang naririto sa kalupaan na ang ikinabubuhay ay hindi nanggaling kay Allah. At nababatid Niya ang kanilang pinananahanan at ang kanilang pinaglulunggaan (sa sinapupunan, sa libingan, atbp.), ang lahat ay nasa Maliwanag na Aklat (Al-Lauh Al-Mahfuz, ang Aklat ng mga Kautusan na [hawak] ni Allah).

7· At Siya ang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan sa anim na Araw at ang Kanyang Luklukan (noon) ay nasa ibabaw ng Tubig, upang Kanyang masubukan kayo kung sino sa inyo ang pinakamabuti sa pag-uugali. Datapuwa't kung iyong sasabihin sa kanila: "Katotohanang kayo ay ibabangon pagkatapos ng kamatayan," ang mga hindi sumasampalataya ay walang pagsala na magsasabi: "Ito ay wala ng iba maliban sa isang lantad na salamangka." 8· At kung inaantala Namin para sa kanila ang kaparusahan hanggang sa natatakdaang panahon, katiyakang sila ay magsasabi, "Ano ang pumipigil dito?" Katotohanan, sa araw na ito ay sasapit sa kanila, walang anupaman ang makapagpapaalis nito sa kanila, at sila ay ganap na mapapaligiran nito, na noon ay lagi nilang tinutuya!

9· At kung iginawad Namin sa tao na lasapin ang Habag mula sa Amin, at matapos, ay alisin sa kanya ito,

katotohanang siya ay nawawalan ng pag-asa at walang utang na loob ng pasasalamat. 10. Datapuwa't kung Aming hayaan siya na lasapin ang magandang biyaya, pagkaraan ang kasamaan (kahirapan at kapinsalaan) ay dumapo sa kanya, walang pagsala na siya ay magsasabi: "Ang kamalasan at kasahulan ay lumisan sa akin." Katotohanan, siya ay tandisang galak na galak at nagmamayabang (walang utang na loob ng pasasalamat kay Allah). 11. Maliban sa mga nagpapamalas ng pagtitiyaga at gumagawa ng mga kabutihan, sa kanila, ay mapapasakanila ang kapatawaran at malaking gantimpala (Paraiso).

12. At kung sakali (O Muhammad) na iyong isuko ang bahagi ng anumang ipinahayag sa iyo, at ang iyong dibdib ay naninikip dito sapagkat sila ay nagsasabi, "Bakit kaya hindi ipinanaog sa kanya ang kayamanan, o di kaya ang anghel ay dumatal sa kanya?" Datapuwa't ikaw ay isa lamang tagapagbabala. At si Allah ang Wakil (ang Tagapamahala ng mga pangyayari, Tagapagkupkop, atbp.) sa lahat ng mga bagay. 13. O di kaya, sila ay nagsasabi, " Siya (Propeta Muhammad) ay nanghuwad (nagpalsipika) lamang (ng Qur'an)". Ipagbadya: "Magdala kayo kung gayon ng sampung huwad na Surah (mga kabanata) na katulad nito, at tawagin ninyo kung sinuman ang ibig ninyo, maliban pa kay Allah (upang tumulong sa inyo), kung kayo ay nangungusap ng katotohanan!" 14. At kung ikaw ay hindi nila tugunin, iyong maalaman na ang Kapahayagan (ang Qur'an) ay ipinanaog ni Allah ng may Karunungan at ang La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya)! Hindi baga kayo magiging mga Muslim (ang mga tumatalima sa Islam)?

15. Sinumang maghangad ng buhay sa mundong ito at sa kanyang kinang; sa kanila ay Aming babayaran nang ganap (ang kinita) ng kanilang mga gawa rito, at dito ay walang mababawas. 16. Sila yaong walang makakamtan sa Kabilang Buhay maliban sa Apoy; at dito ay walang kabuluhan ang kanilang mga gawa. At walang halaga ang kanilang ginagawa noon.

17. Sila ba (na mga Muslim) na tumatanggap ng maliliwanag na tanda (ang Qur'an) mula sa kanilang Panginoon, at sinundan ng isang Saksi (Muhammad) mula sa Kanya, (sila ba ay katumbas ng mga hindi sumasampalataya), at bago pa rito ay dumating ang Aklat ni Moises, isang patnubay at habag, sila ay nagsipaniwala rito, datapuwa't yaong mga Sekta (mga Hudyo, Kristiyano at lahat ng mga di Muslim na bansa o pamayanan) na nagtatakwil dito (sa Qur'an), ang Apoy ang tagpuan na ipinangako sa kanila. Kaya't huwag kayong mag-alinlangan tungkol dito (alalaong baga, sa mga pahayag na dala ni Muhammad at nagmula kay Allah, katiyakang sila ay papasok sa Impiyerno). Walang pagsala, ito ang Katotohanan mula sa inyong Panginoon, datapuwa't ang karamihan sa sangkatauhan ay hindi nananampalataya.

18. At sino pa kaya ang higit na gumagawa ng kamalian maliban sa kanya na kumakatha ng mga kasinungalingan laban kay Allah. Sila ang dadalhin sa harapan ng kanilang Panginoon, at ang mga saksi ay magsasabi: "Sila nga ang nagpasinungaling sa kanilang Panginoon!" Walang alinlangan! Ang sumpa ni Allah ay nasa Zalimun (mga buhong, buktot, makasalanan, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, mapang-api, atbp.). 19. Sila na humahadlang (sa mga iba) tungo sa Landas ni Allah (sa pagiging Tanging Isa Niya,

at sa Islam), at humahanap ng kalikuan dito, habang sila ay hindi nananalig sa Kabilang Buhay; 20. Hindi, sa anupamang kaparaanan, sila ay hindi makakatakas (sa parusa ni Allah) sa kalupaan, at wala ring makakapangalaga sa kanila maliban kay Allah! Ang kaparusahan nila ay dadalawahin (dodoblehin)! Hindi nila matagalan na pakinggan (ang mga nangangaral ng katotohanan) at sila ay nasanay na hindi nakikita (ang katotohanan dahilan sa kanilang mariing pag-ayaw, kahima't sila ay mayroong pandinig at pangmasid). 21. Sila nga ang nagpabaya sa kanilang sarili, at ang kanilang mga huwad na diyus-diyosan ay maglalaho sa kanila. 22. Walang pagsala, sila nga ang magiging lubos na talunan sa Kabilang Buhay.

23. Katotohanan, sila na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam), at nagsisigawa ng mga kabutihan, at nagpapakumbaba sa kanilang sarili (sa pagsisisi at pagsunod) sa harapan ng kanilang Panginoon, - sila ay magsisitahan sa Paraiso at mananatili rito magpakailanman. 24. Ang nakakahalintulad ng dalawang pangkat ay tulad ng bulag at ng bingi at ng nakakamasid at ng nakakarinig. Sila ba ay magkatulad kung paghahambingin? Hindi baga kayo magsisitalima?

25. Katotohanang isinugo Namin si Noe sa kanyang pamayanan (at siya ay nagsa-bi): "Ako ay dumating sa inyo bilang isang lantad na tagapagbabala." 26. "Na sambahin lamang ninyo si Allah; katotohanan, pinangangambahan ko para sa inyo ang kaparusahan ng kasakit-sakit na Araw." 27. Ang mga pinuno ng mga hindi sumasampalataya sa lipon ng kanyang angkan ay nagsabi: "Ikaw ay namamasdan namin bilang isang tao na katulad namin, at hindi rin namin

nakikita ang sinuman na sumusunod sa iyo maliban sa pinakahamak sa amin, at sila ay sumusunod sa iyo na hindi gumagamit ng kanilang pag-iisip. At wala kaming nakikita sa iyo na mahalaga na higit pa sa amin, sa katotohanan, ikaw ay itinuturing namin na isang sinungaling."

28. Siya ay nagbadya: "O aking pamayanan! Sabihin ninyo sa akin, kung ako ay mayroong maliwanag na katibayan mula sa aking Panginoon, at isang Habag (pagka-Propeta, atbp.) ang dumatal sa akin mula sa Kanya, datapuwa't ang gayong (Habag) ay nakukubli sa inyong paningin. Kayo ba ay pipilitin namin na tanggapin ito (ang Islam) kung kayo ay may matinding pagkapoot dito? 29. At, O aking pamayanan! Hindi ako nanghihingi sa inyo ng gantimpala hinggil dito, ang aking pabuya ay wala ng iba maliban lamang na mula kay Allah. Hindi ko itataboy ang mga sumasampalataya. Katotohanang makakatipan nila ang kanilang Panginoon, datapuwa't aking napagmamalas na kayo ay mga hangal na tao. 30. At, O aking pamayanan! Sino ang makakatulong sa akin laban kay Allah, kung sila ay aking itaboy? Hindi baga kayo nagsasaalang-alang? 31. At ako ay hindi nagsasabi sa inyo na nasa akin ang mga kayamanan ni Allah, at gayundin naman ay aking nababatid ang Ghaib (mga bagay na nakalingid); at hindi ko rin sinasabi na ako ay isang anghel, at hindi ko rin sinasabi na ang inyong mga minamaliit ay hindi pagkakalooban ni Allah ng biyaya. Nababatid ni Allah ang nasa loob ng kanilang sarili (kung tungkol sa pananalig, atbp.). Kung magkakagayon, ako ay katiyakang mapapabilang sa Zalimun (mga buhong, buktot, mapang-api, makasalanan, atbp.)."

32. Sila ay nagsabi: "O Noe! Ikaw ay nakipagtalo sa amin at

labis mong pinahaba ang pakikipagtalo mo sa amin, ngayon na, dalhin mo sa amin ang iyong ipinananakot, kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan." 33· Siya ay nagsabi: "Si Allah lamang ang makakapagbigay nito (ang kaparusahan) sa inyo, kung ito ay Kanyang naisin, at kayo ay hindi makakatalilis. 34· At ang aking pagpapaala-ala ay hindi magbibigay ng kapakinabangan sa inyo kahit na aking naisin na bigyan kayo ng mabuting payo, kung ang Kalooban ni Allah ay manatili kayong naliligaw. Siya ang inyong Panginoon! At kayo sa Kanya ay magbabalik."

35· O sila kaya (na mga pagano ng Makkah) ay nagsasabi: Siya (Muhammad) ay nanghuwad (kumatha ng walang katotohanan) dito (sa Qur'an)." Ipagbadya: "Kung ako ang kumatha nito sa kabulaanan, nasa akin ang mabigat kong kasalanan, datapuwa't ako ay walang muwang sa mga pagkakasala na inyong ginagawa."

36· At ang inspirasyon ay ibinigay kay Noe. "Walang isa man sa iyong mga tao ang mananampalataya maliban sa mga nagsipanalig na. Kaya't huwag kang malumbay dahilan sa kanilang mga ginagawa. 37· At iyong itindig ang Barko sa ilalim ng Aming Paningin at ng Aming inspirasyon, at Ako ay huwag mong pakiusapan (hinggil) sa kapakanan ng mga hindi sumasampalataya; walang pagsala na sila ay malulunod." 38· At habang siya ay nagtatayo ng Barko, kailanma't ang mga pinuno ng kanyang pamayanan ay nagdaraan sa harapan niya, sila ay kumukutya sa kanya. Siya (Noe) ay nagsabi: "Kung kayo ay tumutuya sa amin, gayundin naman, kayo ay aming tinutuya na kagaya ng inyong pagkutya sa amin. 39· At mapag-aalaman ninyo kung sino ang makakatanggap ng parusa na tatakip sa kanya

sa kahihiyan, at kung sino ang magkakamit ng walang hanggang sakit."

40. (Kaya't nagpatuloy ang gayong pangyayari), hanggang sa sumapit ang Aming Pag-uutos at ang bangan ay umagos (ang tubig na tila mga dalisdis sa kalupaan). Aming ipinag-utos: "Magsisakay kayo, sa bawat uri ay dalawa (lalaki at babae), at ang inyong mag-anak, maliban sa kanya na ang Salita ay walang naging saysay (pamilya ni Noe na sumuway), at ang mga sumasampalataya. At walang naniwala sa kanya maliban sa iilan." 41. At siya (Noe) ay nagsabi: "Magsisakay kayo, sa Ngalan ni Allah, ito ay gagalaw o mananatili sa kanyang punduhan. Katotohanan, ang aking Panginoon ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain." 42. Kaya't (ang barko) ay naglayag (na kasama) nila sa gitna ng gabundok na mga alon, at si Noe ay tumawag sa kanyang anak na lalaki na humiwalay sa kanila. "O aking anak! Sumakay ka sa amin at huwag kang mapabilang sa mga hindi sumasampalataya." 43. Ang kanyang anak na lalaki ay tumugon: "Aakyat ako sa bundok, ito ang magliligtas sa akin sa tubig." Si Noe ay nagsabi: "Sa araw na ito ay walang tagapagligtas sa Pag-uutos ni Allah maliban sa kanya na ginawaran Niya ng Kanyang habag." At ang malaking alon ay dumaan sa pagitan nila, kaya't ang kanyang anak ay napasama sa mga nalunod. 44. At dito ay ipinag-utos: "O kalupaan! Lagumin mo ang iyong tubig, at O kalangitan! Pahintuin mo ang iyong ulan." At ang tubig ay bumaba (kumati) at ang kautusan ni Allah ay natupad (alalaong baga, ang pagkawasak ng mga tao ni Noe). At (ang barko) ay pumundo sa Bundok ng Judi, at dito ay ipinagsulit:

“Kayo ay malayo na sa mga tao na Zalimun (mga buktot sa kasamaan at mapagsamba sa mga diyus-diyosan, atbp.)!”

45. At si Noe ay nanikluhod sa kanyang Panginoon at nagsabi, “O aking Panginoon! Katotohanan, ang aking anak na lalaki ay kabilang sa aking pamilya! At walang pagsala, ang Inyong pangako ay katotohanan, at Kayo ang Pinakamakatarungan sa lahat ng mga hukom.” 46. Siya (Allah) ay nagwika: “O Noe! Katotohanang siya ay hindi kabilang sa iyong pamilya; katotohanan, ang kanyang mga gawa ay hindi katampatan, kaya’t huwag kang magsumamo sa Akin sa bagay na wala kang kaalaman! Ikaw ay Aking pinaalalahanan, kung hindi, baka ikaw ay maging isa sa mga hangal.” 47. Si Noe ay nagsabi: “O aking Panginoon! Ako ay nagpapakalinga sa Inyo, dahilan sa aking pagtatanong sa Inyo na wala akong kaalaman. At malibang ako ay Inyong patawarin at kahabagan, katotohanang ako ay magiging isa sa mga mapapahamak.”

48. Dito ay ipinagbadya: “O Noe! Ikaw ay bumaba mula sa Barko nang may kapayapaan mula sa Amin at sumaiyo ang mga biyaya at sa mga tao na kasama mo (at kanilang mga anak), datapuwa’t, mayroon pang (ibang mga tao) sa kanila ang Aming pagkakalooban ng kasiyahan (nang pansamantala), subalit sa katapusan, isang masaklap na kaparusahan ang sasapit sa kanila mula sa Amin.” 49. Ito ang balita na Nakalingid na ipinahayag Namin sa iyo (O Muhammad), maging ikaw, o ang iyong pamayanan ay hindi nakakakilala sa kanila, bago pa rito. Kaya’t maging matimtiman. Katotohanan, ang mabuting wakas ay nasa Muttaqun (mga mababuti at matutuwid na tao na may labis na pangangamba kay Allah sa pamamagitan nang pag-

iwas sa lahat ng uri ng kasalanan at higit na nagmamahal sa Kanya sa pamamagitan nang pagsunod sa lahat ng mabubuting gawa na ipinag-utos ni Allah).

50. At sa mga tao ni A'ad ay isinugo Namin ang kanilang kapatid na si Hud. Siya (Hud) ay nagsabi: "O aking pamayanan! Sambahin ninyo si Allah! Wala na kayong iba pang "Ilah" (Diyos) maliban sa Kanya. Katotohanan, wala kayong ginagawa kundi ang kumatha ng mga kasinungalingan!" 51. "O aking pamayanan, ako ay hindi nanghihingi sa inyo ng pabuya sa (Mensaheng) ito. Ang aking pabuya ay mula lamang sa Kanya na lumikha sa akin. Hindi baga kayo nakakaunawa? 52. At aking pamayanan! Dumulog kayo tungo sa kapatawaran ng inyong Panginoon at magbalik loob kayo sa Kanya. Pamamalibisbisin Niya mula (sa alapaap) ang saganang ulan at daragdagan niya ng lakas ang inyong lakas, kaya't huwag kayong magsitalikod na tulad ng Mujrimun (mga buhong, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, atbp.)."

53. Sila ay nagsasabi: "O Hud! Wala kang katibayan na inihantad sa amin, at hindi namin tatalikuran ang aming mga diyos dahilan lamang sa iyong pangangaral! At kami ay hindi maniniwala sa iyo. 54. Ang amin lamang masasabi ay: ang ilan sa aming mga diyos (mga huwad na diyus-diyosan) ay sumakmal sa iyo sa kasamaan." Siya ay nagsabi: "Tinatawagan ko si Allah na sumaksi at kayo ang makakapagpatotoo na ako ay malaya sa lahat ng mga itinatambal ninyong mga kasama (kaakibat) sa pagsamba, - 55. Sa Kanya (Allah). Kaya't magbalak kayo laban sa akin, kayong lahat, at huwag na ninyong ipagpaliban (o bigyan

ako ng palugit). 56. Ipinapaubaya ko ang aking pagtitiwala kay Allah, ang aking Panginoon at inyong Panginoon! Wala ni isa mang gumagalaw (may buhay) na nilikha ang hindi Niya hawak ang kanilang palawit na buhok. Katotohanan, ang aking Panginoon ay nasa Matuwid na Landas (ang Katotohanan).

57. Kaya't kung kayo ay magsitalikod, gayunpaman, ay akin nang naiparating sa inyo ang Mensahe kung bakit ako ay isinugo sa inyo. Ang aking Panginoon ay lilikha ng ibang mga tao na susunod sa inyo at hindi kayo makakapaminsala sa Kanya kahit na katiting. Katotohanan, ang aking Panginoon ay Tagapangalaga ng lahat ng mga bagay." 58. At nang ang Aming Pag-uutos ay sumapit, iniligtas Namin si Hud at yaong nagsipaniwala sa kanya sa pamamagitan ng Habag na mula sa Amin, at iniadya Namin sila sa kasakit-sakit na kaparusahan. 59. Sila nga ang mga tao ni A'ad. Itinakwil nila ang Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.) ng kanilang Panginoon at sinuway nila ang Kanyang mga Tagapagbalita, at sinunod nila ang pag-uutos ng bawat palalo at sutil (mga sumasalansang sa katotohanan). 60. At sila ay tinugis ng sumpa sa mundong ito (at gayundin naman) sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Walang alinlangan! Katotohanan, si A'ad ay hindi nanampalataya sa kanilang Panginoon. Kaya't layuan si A'ad, ang mga tao ni Hud.

61. At sa mga tao ni Thamud (ay isinugo) namin ang kanilang kapatid na si Salih. Siya ay nagbadya: "O aking pamayanan! Sambahin ninyo si Allah, wala na kayong ibang "Ilah" (Diyos) maliban sa Kanya. Kanyang ginawa (at itinanghal) kayo mula sa lupa at dito ay Kanyang itinira kayo, kaya't humingi kayo ng Kanyang pagpapatawad at bumaling kayo

sa Kanya sa pagsisisi. Katotohanan, ang aking Panginoon ay laging Malapit (sa lahat, sa pamamagitan ng Kanyang Karunungan), ang Maaasahan." 62. Sila ay nagsabi: "O Salih! Ikaw ay nasa aming piling bilang lunduan ng aming matimyas na pag-asa (at naghangad kami para sa iyo na ikaw ay aming maging pinuno) hanggang dumating (ang naiibang bagay na iyong dinala, na aming talikuran ang aming mga diyos at sambahin ang iyong Diyos [Allah])! Ngayon ay iyong pinagbabawalan kami na sambahin ang sinasamba ng aming mga ninuno at sambahin lamang ang iyong Diyos (Allah)! Datapuwa't kami ay lubhang nag-aalinlangan sa bagay na kami ay iyong inaaanyayahan (ang Kaisahan ni Allah). 63. Siya ay nagbadya: "O aking pamayanan! Sabihin ninyo sa akin, kung ako ay mayroong maliwanag na katibayan mula sa aking Panginoon, at may dumatal sa akin na Habag (ang pagka-Propeta, atbp.) mula sa Kanya, sino kaya baga ang makakatulong sa akin laban kay Allah kung ako ay susuway sa Kanya? Daragdagan ba ninyo ang aking pagkapanganyaya?

64. At aking pamayanan! Itong babaeng kamelyo ni Allah ay isang Tanda para sa inyo, at inyong hayaan siya na nanginginain sa kalupaan ni Allah at siya ay huwag ninyong saktan, kung hindi, baka ang isang napipintong kaparusahan ay sumunggab sa inyo." 65. Nguni't binalda nila ang mga hita (ng babaeng kamelyo). Kaya't siya (Salih) ay nagbadya: "Magpakasaya kayo sa inyong mga tahanan sa loob ng tatlong araw. Ito ay isang pangako (alalaong baga, isang banta), na hindi mapapasinungalingan." 66. Kaya't nang ang Aming Pag-uutos ay dumatal, iniligtas Namin si Salih at ang nagsipaniwala sa kanya sa pamamagitan

ng Habag mula sa Amin at sa kahihiyan sa Araw na yaon. Katotohanan, ang iyong Panginoon, Siya ang Tanging Ganap na Malakas, ang Lubos na Makapangyarihan. 67. At ang Nakakasindak na Tawag ay umabot sa mga buktot, kaya't sila ay nakahandusay na patay, na nakalugmok sa kanilang mga tahanan, - 68. Na wari bang sila ay hindi nanirahan doon. Walang alinlangan! Katotohanang si Thamud ay hindi nanampalataya sa kanilang Panginoon. Kaya't layuan si Thamud!

69. At katotohanang may dumatal kay Abraham na mga Tagapagbalita (mga Anghel) mula sa Amin na may magandang balita. Sila ay nagsibati ng Salam (Kapayapaan!). Siya ay tumugon, Salam (Kapayapaan!), at nag-aapura siya sa pag-aasikaso sa kanila sa paghahanda ng litsong baka. 70. Datapuwa't nang mamasdan niya na ang kanilang mga kamay ay hindi bumabaon (sa pagkain), siya ay nakadama ng pag-aalinlangan sa kanila, at siya ay nagkaroon ng pangangamba. Sila ay nagsabi: "Huwag kang matakot, kami ay isinugo laban sa mga tao ni Lut." 71. At ang kanyang asawa ay nakatindig dito, at siya ay natawa (maaaring dahil sa ang mga Tagapagbalita ay hindi kumain sa kanilang pagkain o siya ay nasiyahan nang malamang mawawasak ang mga tao ni Lut); datapuwa't inihatid Namin sa kanya ang magandang balita ni Isaac, at pagkaraan niya, ay ni Hakob. 72. Siya (ang asawa ni Abraham) ay nagsabi (ng may pagkamangha): "Sa aba ko! Ako baga ay magdadalangtao pa gayong ako ay isa ng matandang babae, at narito ang aking asawa, isang matandang lalaki? Katotohanan! Ito ay isang kataka-takang bagay!" 73. Sila ay nagwika: "Ikaw baga ay namamangha sa pag-uutos ni Allah? Ang Habag ni Allah at

Kanyang mga Biyaya ay sumainyo, O Pamilya (ni Abraham). Katotohanan, Siya (Allah) ay Puspos ng Karangalan, ang Tigib ng Kaluwalhatian."

74· At nang ang pangangamba ay mapawi (sa isipan) ni Abraham, at ang mabuting balita ay umabot sa kanya, siya ay nagsumamo sa amin (mga Tagapagbalita) para sa kapakanan ng mga tao ni Lut. 75· Katotohanan, at walang alinlangan, si Abraham, siya ay matiisin, at laging nang tumatawag kay Allah ng may kapakumbabaan, at mapagsisi (kay Allah sa lahat ng oras, nang paulit-ulit). 76· O Abraham! Kalimutan mo ito (ang paninikluhod para sa kapakanan ng mga tao ni Lut). Katotohanan, ang pag-uutos ng iyong Panginoon ay naipalabas na. Katotohanang daratal sa kanila ang kaparusahan na hindi mapapasubalian.

77· At nang ang Aming mga Tagapagbalita ay sumapit kay Lut, siya ay nalumbay sa kanilang salaysay at nakadama siya nang panliliit para sa kanila (na baka ang mga tao sa bayan ay lumapit sa kanila at gumawa ng sodomya sa kanila). Siya ay nagsabi: "Ito ay isang nakakahapis na araw." 78· At ang kanyang mga tao ay dumating sa kanya na rumaragasa, at noon pa mang una, sila ay hirati na sa paggawa ng mabibigat na kasalanan (sodomya, atbp.), siya ay nag-alok: "O aking mga tao! Naririto ang aking mga anak na babae (alalaong baga, ang mga anak na babae ng aking lahi), sila ay dalisay para sa inyo (kung sila ay inyong pakakasalan ng ayon sa batas). Kaya't pangambahan ninyo si Allah at ako ay huwag ninyong hamakin sa harapan ng aking mga panauhin! Wala ba sa lipon ninyo kahit na isa, ang may matuwid na pag-iisip?" 79· Sila ay nagsabi: "Katiyakan na iyong ganap na batid na kami ay walang pagnanasa o pangangailangan sa

iyong mga anak na babae, at tunay, na batid mo kung ano ang aming nagugustuhan!"

80. Siya ay nagsabi: "Sana ay mayroon akong lakas (o mga tao na makakatulong) upang kayo ay aking magapi, o di kaya ay makapanangan ang aking sarili sa isang makapangyarihang tulong (upang mahadlangan kayo)." 81. Sila (ang mga Tagapagbalita) ay nagwika: "O Lut! Katotohanang kami ay mga Tagapagbalita mula sa iyong Panginoon! Ikaw ay hindi nila maaabutan (matutugis). Kaya't maglakbay ka na kasama ng iyong pamilya sa ilang bahagi ng gabi, at huwag bayaan ang sinuman sa inyo na lumingon sa likuran, subalit ang iyong asawa (ay mananatili sa likuran), katotohanan, ang kaparusahan na igagawad sa kanila ay matitikman niya. Katiyakan, ang umaga ang kanilang takdang oras. Hindi baga ang umaga ay malapit na?" 82. Kaya't nang ang Aming Pag-uutos ay sumapit, itinumba Namin (ang mga bayan ng Sodom sa Palestina) nang pataob, at pinaulan Namin sa kanila ang mga hinurnong putik na bato na nakakalat ng patong-patong; 83. Na minarkahan mula sa iyong Panginoon, at sila ay hindi malayo sa Zalimun (mga buhong sa kasamaan, mapagsamba sa diyus-diyosan, atbp.).

84. At sa pamayanan ng Madyan (Midian) ay isinugo Namin ang kanilang kapatid na si Shuaib. Siya ay nagbadya: "O aking pamayanan! Sambahin si Allah, wala na kayong ibang Ilah (Diyos) maliban sa Kanya, at huwag magbigay ng kapos na sukat o timbang, kayo ay aking nakikita sa pananagana; at katotohanan, aking pinangangambahan para sa inyo ang kaparusahan ng Araw na sumasakop. 85. At aking pamayanan! Magbigay ng hustong sukat at timbang ng may katarungan at huwag bawasan ang bagay na nararapat

sa mga tao, at huwag kayong gumawa ng kabuktutan sa kalupaan, na siyang nagiging dahilan ng katiwalian (kasamaan). 86. Kung ano ang ibahagi sa inyo ni Allah (matapos ninyong ibigay ang karapatan ng mga tao), ito ay higit na mabuti sa inyo kung kayo ay nananampalataya. At ako ay hindi itinalaga sa inyo bilang inyong tagapangalaga."

87. Sila ay nagsabi: "O Shuaib! Ang iyo bang mga pagdalangin ay nag-uutos na aming talikdan ang sinasamba ng aming mga ninuno o kaya ay aming talikuran ang nais naming gawin sa aming ari-arian. Katotohanang ikaw ay matiisin at may tamang pag-iisip!" (Ito ay sinasabi nila ng may panunuya).

88. Siya ay nagbadya: "O aking pamayanan! Sabihin ninyo sa akin, kung ako ay mayroong maliwanag na katibayan mula sa aking Panginoon, at biniyayaan niya ako ng mabuting panustos mula sa Kanyang Sarili (pasasamain ko ba ito sa pamamagitan ng paghahalo rito ng hindi pinahihintulutang salapi [ilegal na kita]). Hindi ko nais bilang pagsalansang sa inyo na aking gawin ang mga bagay na ipinagbabawal ko sa inyo. Hinahangad ko lamang ang inyong kapakanan (pagbabago) sa abot ng aking makakaya. At ang aking patnubay ay hindi nanggagaling (sa iba pa) maliban lamang kay Allah, sa Kanya ako ay nananalig, at sa Kanya ako ay nagsisisi. 89. O aking pamayanan! Huwag hayaan ang aking Shiqaq (pagkakahiwalay, pagkakasalungat, pagkapoot, pagtanggi, atbp. dahil sa inyong kawalan ng pananalig kay Allah at sa inyong pagsamba sa mga diyus-diyosan, atbp.) ang maging dahilan upang tamuhin ninyo ang kinahinatnan ng mga tao ni Noe o ni Hud o ni Salih, at ang mga tao ni Lut ay hindi malayo sa inyo! 90. At humingi kayo

ng pagpapatawad sa inyong Panginoon at bumaling kayo sa Kanya sa pagsisisi. Katotohanan, ang aking Panginoon ay Pinakamaawain, ang Pinakamapagmahal."

91. Sila ay nagsabi: "O Shuaib! Hindi namin nauunawaan ang karamihan ng iyong sinasabi, at nakikita namin na ikaw ay mahinang tao sa ating lipon (sinasabi rito na siya ay isang bulag). Kung hindi lamang sa iyong pamilya, disin sana ikaw ay binato na namin! Sapagkat sa ating karamihan ikaw ay walang kapamahalaan." 92. Siya ay nagbadya: "O aking pamayanan! Ang aking pamilya baga ay higit na mahalaga sa inyo kaysa kay Allah? Sapagkat inyong itinaboy Siya sa inyong likuran (sa pagsuway). Datapuwa't katotohanan, ang aking Panginoon ang nakakapaligid sa lahat ninyong ginagawa. 93. At aking pamayanan! Kumilos kayo nang ayon sa inyong kakayahan at paraan at gagawin ko ang aking paraan. Hindi magtatagal ay inyong mapag-aalaman kung sino ang sasapitin ng kaparusahan na kadusta-dustang babalot sa kanya, at kung sino ang sinungaling! At magmanman kayo! Katotohanan, ako rin ay nagmamasid na kasama ninyo."

94. At nang ang Aming Pag-uutos ay dumatal, iniligtas Namin si Shuaib at ang mga tao na nagsipaniwala sa kanya sa pamamagitan ng Habag mula sa Amin. At ang kalagim-lagim na Panaghoy ay sumakmal sa mga buktot, at sila ay mga patay na nakahandusay na nalulugmok sa kanilang mga tahanan. 95. Na wari bang sila ay hindi nanirahan doon! Kaya't lumayo sa Madyan (Midian)! Katulad din nang paglayo kay Thamud! (Ang lahat ng mga bansa o pamayanang ito ay winasak).

96. At katotohanang isinugo Namin si Moises na taglay

ang Aming Ayat (mga kapahayagan, aral, katibayan, tanda, atbp.), at isang lantad na kapamahalaan; 97. Kay Paraon at sa kanyang mga pinuno, datapuwa't sinunod nila ang pag-uutos ni Paraon, at ang pag-uutos ni Paraon ay hindi katumpakan. 98. Siya ay mangunguna sa kanyang mga tao sa Araw ng Muling Pagkabuhay at kanyang aakayin sila sa Apoy, at katiyakang kasamaan ang lugar kung saan sila ay ihahatid. 99. Sila ay tinugis ng isang sumpa sa (mapanlinlang na buhay ng mundong ito) at gayon din (sila ay tutugisin ng isang sumpa) sa Araw ng Muling Pagkabuhay. At kahapis-hapis ang gantimpala na igagawad (sa kanila sa Kabilang Buhay)!

100. Ang mga ito ay ilan sa mga kasaysayan (balita) ng mga bayan (pamayanan) na Aming isinalaysay sa iyo (O Muhammad), ang iba sa kanila ay nakatindig pa, at ang iba ay gapas na (sa lilik ng panahon, alalaong baga, naglaho na ang kanilang guho). 101. Hindi Namin sila ipinalungi, datapuwa't ipinalungi nila ang kanilang sarili. Kaya't ang kanilang mga diyos, maliban pa kay Allah, na sila nilang pinanana-langinan, ay hindi nagbigay ng kapakinabangan sa kanila nang dumatal ang Pag-uutos ng iyong Panginoon, at hindi rin ito nakapagdagdag ng anuman sa kanilang kinasadlakan maliban sa pagkapariwara.

102. Ito ang Pagdaklot ng iyong Panginoon, nang Kanyang samsamin (ang pamayanan) ng mga bayan habang sila ay gumagawa ng kamalian. Katotohanan, ang Kanyang Pagdaklot ay masakit at masidhi. 103. Katotohanan, sa mga ito ay (mayroong) tiyak na aral sa mga may pagkatakot sa kaparusahan ng Kabilang Buhay. Ito ang Araw na ang sangkatauhan ay titipunin nang sama-sama, at ito ang

Araw ng Pagpapatotoo (na ang lahat ng mga naninirahan sa kalangitan at kalupaan ay naroroon). 104. At inaantala lamang Namin ito hanggang sa sandali (na noon pa) ay itinakda na. 105. Sa Araw na ito ay dumating, walang tao ang makakapangusap malibang pahintulutan (ni Allah). Ang iba sa kanila ay mga sawingpalad at ang iba ay mga pinagpala.

106. At sa mga sawingpalad, sila ay nasa Apoy, na bumubuntong hininga sa mataas at mababang tunog. 107. Sila ay mananahan dito sa lahat nang panahon na ang mga kalangitan at kalupaan ay nananatili, malibang naisin ng inyong Panginoon. Katotohanan, ang inyong Panginoon ang tagagawa ng Kanyang maibigan. 108. At sa mga pinagpala, sila ay nasa loob ng Paraiso, at mananahan dito sa lahat ng panahon na ang mga kalangitan at kalupaan ay nananatili, malibang naisin ng inyong Panginoon, isang gantimpala na walang hanggan. 109. Kaya't huwag kang mag-alinlangan (O Muhammad) sa mga bagay na sinasamba ng mga mapagsamba sa diyus-diyosan (mga pagano). Wala silang sinasamba maliban sa mga sinamba ng kanilang mga ninuno noon pang una. At katotohanan, ganap Naming babayaran sa kanila ang kanilang bahagi nang walang bawas.

110. Katotohanang ibinigay Namin kay Moises ang Aklat, datapuwa't ang pagka- kahidwa ay lumabas dito, at kung hindi (lamang) sa Salita na winika noon mula sa inyong Panginoon, ang kaso (pangyayari) sana ay napagpasyahan na sa pagitan nila, at katotohanang sila ay nag-aalinlangan tungkol dito (sa Qur'an). 111. At katotohanan, ang inyong Panginoon, sa bawat isa sa kanila, ay magbabayad nang ganap sa kanilang mga gawa. Katotohanang Siya ang Lubos na Nakakaalam ng lahat nilang ginagawa.

112. Kaya't manindigan ka (O Muhammad) sa Tuwid na Landas (ng Islam at Kaisahan ni Allah, alalaong baga, iyong hilingin kay Allah na ikaw ay maging matimtiman at buo ang loob), kung paano ikaw ay pinag-utusan (at ng iyong mga kasamahan) na bumabaling (kay Allah) sa pagsisisi, at huwag suwayin (ang kapahintulutan ni Allah). Katotohanang Siya ang Ganap na Nakakamasid ng lahat ninyong ginagawa. 113. At huwag kang kumiling tungo sa mga tao na gumagawa ng kamalian, (kung hindi), baka ang Apoy ay dumila sa iyo, at wala kang magiging tagapangalaga maliban pa kay Allah, at ikaw ay hindi mabibigyan ng tulong. 114. At ikaw ay mag-alay ng panalangin nang ganap (Iqamat-as-Salat), sa dalawang dulo ng maghapon at sa ilang oras ng gabi (alalaong baga, ang limang takdang pagdarasal sa maghapon). Katotohanan, ang mabubuting gawa ay nakakapalis ng masasamang gawa (alalaong baga, ang mga maliliit na kasalanan). Ito ay paala-ala (isang tagubilin) sa mga may pagmumuni-muni (na tumatanggap ng payo). 115. At maging matimtiman; katotohanang si Allah ay hindi magpapawalang saysay sa gantimpala (biyaya) ng mga mapaggawa ng kabutihan.

116. Kung mayroon lamang sa karamihan ng nakaraang sali't saling lahi na nauna sa iyo na matutuwid na mga tao na nagbabawal sa kanila sa Al-Fasad (paggawa ng mga kabuktutan sa kalupaan, pagsamba sa mga diyus-diyosan, lahat ng uri ng krimen at kasalanan, atbp.) dito sa kalupaan, (nguni't wala), maliban lamang sa iilan sa kanila na iniligtas Namin (sa kapinsalaan). Sila na nagsigawa ng kamalian ay tumugis sa kasayahan ng mabubuting bagay (sa makamundong) buhay na ito at sila ay naging Mujrimun

(mga buhong, tampalasan, walang pananalig kay Allah, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, atbp.). 117. At ang iyong Panginoon ay hindi magwawasak sa mga bayan nang walang katarungan, habang ang kanilang pamayanan ay matutuwid.

118. At kung ninais lamang ng iyong Panginoon, katotohanang magagawa Niyang likhain ang sangkatauhan sa iisang Ummah (mga bansa at pamayanan na sumasampalataya sa Kaisahan ni Allah at sumusunod lamang sa isang relihiyon, alalaong baga, ang Islam), datapuwa't sila ay hindi magtitigil sa pagkakahidwa-hidwa, - 119. Maliban sa kanya na ginawaran ng iyong Panginoon ng Kanyang Habag (ang tagasunod ng Katotohanan, ang Islam at Kaisahan ni Allah), at sa dahilang ito ay Kanyang nilikha sila. At ang Salita ng iyong Panginoon ay mangyayari: "Katotohanan, Aking pupunuin ang Impiyerno ng mga Jinn at mga tao nang sama-sama."

120. At ang lahat ng mga isinalaysay Namin sa iyo (O Muhammad) na mga balita (kasaysayan) ng mga Tagapagbalita ay katumpakan upang magawa Namin na maging malakas at matatag ang iyong puso. At dito (sa kabanata ng Qur'an) ay dumatal sa iyo ang Katotohanan, gayundin ang isang Pagpapayo at Paala-ala sa mga sumasampalataya. 121. At ipagbadya sa mga hindi sumasampalataya: "Magsigawa kayo ng ayon sa inyong kakayahan at paraan, Kami ay gumagawa (ng ayon sa aming paraan). 122. At kayo ay maghintay! Kami (rin) ay naghihintay." 123. At kay Allah ang pag-aangkin ng Ghaib (nakalingid) ng mga kalangitan at kalupaan at sa Kanya ang pagbabalik ng lahat ng mga bagay (upang pagpasyahan).

Kaya't (O Muhammad), iyong sambahin Siya at ibigay mo ang iyong pagtitiwala sa Kanya. At ang iyong Panginoon ay Nakakabatid ng lahat ninyong ginagawa.

Surah 12 • Yusuf

Propeta Hosep

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. *Alif, Lam, Ra* (mga titik A, La, Ra).

Ito ang mga Talata ng Maliwanag na Aklat (ang Qur'an, na nagbibigay ng kaliwanagan sa mga legal at ilegal na bagay, mga batas, isang patnubay at biyaya). 2. Katotohanang ipinanaog Namin ito sa (wikang) Arabik na Qur'an upang ito ay inyong maunawaan. 3. Isinalaysay Namin sa iyo (O Muhammad) ang mga pinakamagagandang kasaysayan sa pamamagitan ng Aming mga Pahayag sa Qur'an. At bago pa ang pahayag na ito, ikaw ay kabilang sa kanila na walang kaalaman hinggil dito (ang Qur'an).

4. At pagbalikan (sa gunita) nang sabihin ni Hosep sa kanyang ama: "O aking ama! Katotohanang aking namasdan (sa panaginip) ang labing-isang bituin at ang araw at ang buwan, nakita kong nagpapatirapa sila sa akin." 5. Siya (ang ama) ay nagsabi: "O aking anak! Huwag mong ipaalam ang iyong napanaginipan sa iyong mga kapatid na lalaki, kung hindi, baka sila ay magbalak ng laban sa iyo. Katotohanang si Satanas ay isang lantad na kaaway ng tao! 6. Kaya't ang iyong Panginoon ang hihirang sa iyo at magtuturo sa iyo ng

kahulugan ng iyong mga panaginip (at ng iba pang bagay) at gaganapin Niya ang Kanyang paglingap sa iyo at sa mga angkan ni Hakob kung paano Niya ginanap ito sa iyong mga ama (sali't saling lahi), kay Abraham at Isaac noon pang panahong sinauna! Katotohanan, ang iyong Panginoon ay Lubos na Maalam, ang Puspos ng Karunungan."

7· Katotohanan, kay Hosep at sa kanyang mga kapatid ay may Ayat (mga tanda, aral, katibayan, kapahayagan, atbp.) sa mga naghahanap ng katotohanan. 8· Nang kanilang sabihin: "Katotohanang si Hosep at ang kanyang kapatid (si Benjamin) ay higit na minamahal ng aming ama kaysa sa amin, subalit kami ay Usbah (malakas na pangkat). Katotohanang ang aming ama ay nasa lantad na kamalian. 9· Patayin si Hosep o itapon siya sa ibang lupain, upang ang pagtangkilik ng inyong ama ay kanyang ipagkaloob lamang sa inyo, (at may sapat na panahon) para sa inyo na maging matuwid pagkaraan nito. 10· Ang isa sa kasamahan nila ay nagsabi: "Huwag ninyong patayin si Hosep, nguni't kung gagawa kayo ng iba, siya ay ihagis ninyo sa ilalim ng balon, siya ay madadampot ng ilang nagdaraang sasakyan ng mga manlalakbay."

11· Sila ay nagsabi: "O aming ama! Bakit hindi ninyo ipagkatiwala sa amin si Hosep, - gayong kami ang kanyang tagapagmahal? 12· Siya ay pasamahin ninyo sa amin bukas, upang masiyahan siya at maglaro, at katotohanang siya ay pangangalagaan naming mabuti." 13· Siya (Hakob) ay nagsabi: "Katotohanang ako ay nalulungkot na siya ay inyong isasama. Nangangamba ako na baka siya silain ng asong ligaw, habang kayo ay nagpapabaya sa kanya." 14· Sila ay sumagot: "Kung ang asong ligaw ay sisila sa kanya, gayong

kami ay Usbah (malakas na pangkat) upang (pangalagaan siya), kung gayon, katiyakang kami ay mga talunan."

15. Kaya't nang siya ay kanilang dalhin, sila ay nagkaisa na itapon siya sa ilalim ng balon, at siya ay binigyan Namin ng inspirasyon: "Katotohanang (darating ang araw) na ipapaalam mo sa kanila ang pangyayaring ito, (sa panahong) ikaw ay hindi nila napag-aakala (nakikilala)." 16. At sila ay umuwi sa kanilang ama nang maggagabi na, na tumatangis. 17. Sila ay nagsabi: "O aming ama! Kami ay nagpapaligsahan sa takbuhan at iniwan namin si Hosep na magbantay ng aming mga gamit nguni't sinila siya ng asong ligaw, subalit hindi kayo maniniwala sa amin kahit na kami ay nagsasabi ng katotohanan." 18. At ipinakita nila ang kanyang damit na nababahiran ng huwad na dugo. Siya ay nagsabi: "Hindi, bagkus kayo sa inyong sarili ang naggawa-gawa (kumatha) ng ganitong dahilan. Kaya't sa akin (ay naaangkop) ang pagtitiyaga (sa paghihintay). At si Allah lamang ang maaari (kong) mahingan ng tulong sa bagay na inyong pinangangatwiranan."

19. At may isang dumating na sasakyan ng mga manlalakbay; at inilabas nila ang kanilang lalagyan ng tubig at inilawit ito sa balon. Siya (ang isa sa kanila) ay nagsabi: "Anong magandang balita! Narito ang isang batang lalaki." Kaya't kanilang itinago siya bilang paninda (isang alipin). At si Alllah ang Lubos na Nakakabatid ng kanilang ginawa. 20. At siya ay kanilang ipinagbili sa murang halaga, - sa ilang dirham lamang (alalaong baga, sa ilang sensilyong pilak). At sila ay kabilang sa kanila na nagturing sa kanya na walang halaga.

21. At siya (ang tao), na mula sa Ehipto, na bumili sa kanya

ay nagsabi sa kanyang asawa: “Iyong gawin na ang kanyang pananatili (rito) ay maging maginhawa, maaaring magbigay siya ng kapakinabangan sa atin o siya ay aampunin natin bilang anak.” Kaya’t sa ganito Namin pinamalagi siya sa kalupaan, upang maituro Namin sa kanya ang kahulugan ng mga pangyayari. At si Allah ang may ganap na kapangyarihan at pagpapasunod sa lahat ng Kanyang pinamamahalaan, datapuwa’t ang karamihan sa mga tao ay hindi nakakaalam. 22. At nang siya (Hosep) ay sumapit na sa hustong gulang (ganap nang binata), ay iginawad Namin sa kanya ang karunungan at kaalaman (ang pagka-Propeta), sa gayon Namin ginagantimpalaan ang mga gumagawa ng kabutihan.

23. At siya (isang babae), na sa kanyang bahay siya ay namamalagi, ay nagbalak na siya ay akitin (upang gumawa ng masamang bagay), inilapat niya ang mga pintuan at nagsabi: “Halika, ikaw nga.” Siya ay nagsabi: “Ako ay nagpapakanlong (sa tukso) kay Allah! Tunay nga, ang iyong asawa ay aking amo! Pinahintulutan niya ang aking pananatili rito! (Kaya’t hindi ko siya kailanman maaaring dayain). Katotohanan, ang Zalimun (mga buhong, makasalanan, mapaggawa ng kamalian, atbp.) ay hindi magtatagumpay.” 24. At tunay ngang siya ay pinagnanasaan niya (babae), at maaaring marahuyo na siya sa kanyang (babae) pagnanasa kung hindi lamang niya nakita ang katibayan ng kanyang Panginoon. At upang sa gayong (paraan) ay Aming maiiwas siya sa kasamaan at bawal na pakikipagtalik. Katotohanang isa siya sa Aming hinirang at pinatnubayang alipin (Tagapagbalita).

25. Kaya’t kapwa sila tumakbo patungo sa pintuan, at pinunit niya ang kanyang (Hosep) damit sa likuran. Kapwa

nila nakita ang kanyang amo (alalaong baga, ang asawa ng babae) sa pintuan. Siya (babae) ay nagsabi: “Ano ang kaparusahan sa kanya na nagtangka ng masama sa iyong asawa, maliban na siya ay ikulong o lapatan ng masakit na kaparusahan?” 26. Siya (Hosep) ay nangusap: “Siya ang nagtangkang akitin ako,” - at isang saksi mula sa kanyang pamamahay (kasambahay) ang nagpatotoo (na nagsasabi): “Kung ang kanyang damit ay napunit sa harapan, kung gayon ang kanyang (babae) salaysay ay totoo at siya (Hosep) ay isang sinungaling! 27. Datapuwa’t kung ang kanyang damit ay napunit sa likuran, kung gayon, siya (babae) ay nagsabi ng kasinungalingan at siya (Hosep) ay nagsasabi ng katotohanan!” 28. Kaya’t nang makita niya (asawang lalaki) na ang kanyang damit ay napunit sa likuran; (ang asawa) ay nagsabi (sa babae): “Tunay nga, ito ay iyong patibong, O ikaw na babae! Katotohanang malakas ang iyong patibong! 29. O Hosep! Lumayo ka rito! (O babae!) humingi ka ng kapatawaran sa iyong kasalanan. Katotohanang ikaw ay isa sa mga makasalanan.”

30. At ang mga kababaihan sa lungsod ay nagsabi: “Ang asawa ni Al-Aziz ay nagnais na tuksuhin ang kanyang (aliping) binata, tunay ngang mapusok ang kanyang pagmamahal sa kanya; katotohanang siya ay nakikita namin sa lantad na kamalian.” 31. Kaya’t nang marinig niya (babaeng nanukso) ang kanilang pagpaparatang ay kanyang inanyayahan sila (ang kababaihan) at (kanyang) ipinaghanda sila ng piging; binigyan niya ang bawat isa sa kanila ng kutsilyo (upang ipanghiwa sa pagkain), at tinawag niya si Hosep: “Lumabas ka sa harapan nila.” Kaya’t nang kanilang makita siya (Hosep), sila ay namangha sa kanyang

kakisigan at sa kanilang (pagkamangha) ay nahiwa nila ang kanilang kamay (o daliri). Sila ay nagsabi: "Si Allah ay Lubos at Ganap (o Huwag nawang pahintulutan ni Allah)!" Wala pa (ngang) ganitong lalaki! Ito ay wala ng iba pa maliban sa isang napakarikit (kagalang-galang) na anghel!" 32. Siya (ang babaeng nanukso) ay nagsabi: "Siya ang binata na inyong isinisisi sa akin (dahil sa kanyang [o aking] pag-ibig), at aking tinangka na siya ay akitin, datapuwa't tumanggi siya. At ngayon, kung siya ay tatanggi na sundin ang aking pag-uutos, walang pagsala na siya ay itatapon sa kulungan at mapapabilang sa mga mawawalan ng karangalan." 33. Kanyang (Hosep) ipinagbadya: "O aking Panginoon! Ang kulungan ay higit kong mamatamisin kaysa sa bagay na ako ay kanilang inaanyayahan. Malibang Inyong hadlangan ang kanilang hangarin sa akin, ako ay mahihilig na marahuyo sa kanila at mapapabilang sa mga mangmang." 34. Kaya't ang kanyang Panginoon ay duminig sa kanyang pagdalangin at inilihis Niya ang kanilang pakay sa kanya. Katotohanang Siya ang Lubos na Nakakarinig ng lahat ng bagay, ang Ganap na Maalam.

35. Kaya't napagtanto nila, pagkaraang mamalas nila ang katibayan (ng kanyang kawalan ng muwang sa gayong kasalanan) na pansamantala siyang ibilanggo sa ngayon. 36. At doon ay may pumasok na dalawang binata sa kanya sa loob ng bilangguan. Ang isa sa kanila ay nagsabi: "Tunay nga, namasdan ko ang aking sarili (sa panaginip) na nagpipiga ng alak." Ang isa naman ay nagsabi: "Tunay nga, namasdan ko ang aking sarili (sa panaginip) na nagsusunong ng tinapay sa aking ulo at ang mga ibon ay nagsisikain dito." (Silang dalawa ay nagsabi): "Ipaalam mo sa amin ang kahulugan

nito. Katotohanang itinuturing namin na ikaw ay isa sa Muhsinun (mga mapaggawa ng kabutihan at katuwiran).”

37·Siya (Hosep) ay nagsabi: “Bago ang anumang pagkain ay dumating sa inyo (sa inaasahang paraan), upang pakainin ang sinuman sa inyo, katotohanang ipagtatapat ko sa inyo ang totoo at ang kahulugan nito. Ito nga ang itinuro sa akin ng aking Panginoon. Tunay na aking tinalikdan ang pananampalataya ng mga tao na hindi sumasampalataya kay Allah at walang pananalig sa Kabilang Buhay (alalaong baga, yaong Kan’aniun ng Ehipto na mga mapagsamba sa mga diyus-diyosan tulad ng araw, huwad na mga diyos, atbp.). 38· At aking sinunod ang relihiyon ng aking mga ninuno, Abraham, Isaac at Hakob, at kami ay hindi kailanman nag-akibat ng anupamang katambal kay Allah. Ito ay mula sa Biyaya ni Allah sa atin at sa sangkatauhan, datapuwa’t ang karamihan sa mga tao ay walang pagpapasalamat (alalaong baga, sila ay walang paniniwala kay Allah o hindi sumasamba sa Kanya).” 39· “O dalawa kong kasama sa kulungan! Ang marami kaya at iba’t ibang panginoon (diyos) ay higit na mabuti, o si Allah, ang Tanging Isa, ang Hindi Mapapangibabawan? 40· Ang anumang sinasamba ninyo maliban sa Kanya ay wala ng iba kundi mga pangalan lamang na inyong kinatha, kayo at ang inyong mga ninuno, na rito si Allah ay hindi naggawad ng kapamahalaan. Ang kautusan ay kay Allah lamang at wala ng iba. Kanyang pinag-utusan kayo na sambahin lamang Siya (sa Kanyang pagiging Tanging Isa), ito ang tunay na matuwid na relihiyon, nguni’t ang karamihan sa mga tao ay hindi nakakaalam.

41· O dalawa kong kasama sa kulungan! Sa isa sa inyo, siya (bilang isang tagapaglingkod) ay magbubuhos ng alak

sa kanyang panginoon (hari o amo) upang uminom, at sa isa naman, siya ay ibibitin sa krus at ang mga ibon ay magsisituka sa kanyang ulo. Kaya't ito ang hatol sa mga bagay na inyong inusisa." 42. At kanyang sinabi sa isa na batid niya na maliligtas: "Banggitin mo ako sa iyong panginoon (alalaong baga, sa iyong hari, upang ako ay makalabas ng bilangguan)." Datapuwa't ginawa ni Satanas na kanyang malimutan na banggitin ito sa kanyang panginoon [o si Satanas ay nagbuyo kay Hosep upang kalimutan ang pag-aala-ala niya sa kanyang Panginoon, si Allah, upang humingi ng Kanyang Tulong, kaysa sa iba pa]. Kaya't si Hosep ay nagtagal sa kulungan ng ilan pang taon.

43. At ang hari (ng Ehipto) ay nagsabi: "Katotohanang namalas ko (sa panaginip) ang pitong matabang baka, na sinisila ng pitong payat (na baka), - at pitong luntiang puso ng mais, at pitong iba pang (mais) na lanta. O kayong mga taong tanyag! Ipaliwanag ninyo sa akin ang aking panaginip, kung kayo nga ang makakapagpaliwanag ng aking mga panaginip." 44. Sila ay nagsabi: "Mga huwad na panaginip na pinaghalo-halo; at kami ay hindi bihasa sa pagpapaliwanag ng mga panaginip." 45. At ang isang lalaki na pinalabas sa kulungan (ang isa sa dalawang tao na nakakulong), na sa katagalan, ngayon ay nakaala-ala (kay Hosep) at nagsabi : "Sasabihin ko sa inyo ang kahulugan, kaya't ipadala ninyo ako (kay Hosep)."

46. Siya ay nagsabi: "O Hosep, ang tao ng katotohanan! Ipaliwanag mo sa amin (ang panaginip) ng pitong matabang baka na sinisila ng pitong payat (na baka), at ng pitong luntiang puso ng mais, at ng pitong iba pang (mais) na lanta, upang ako ay makabalik sa mga tao at kanilang mapag-

alaman.” 47· Si (Hosep) ay nagsabi: “Sa sunod-sunod na pitong taon, kayo ay magtatanim tulad din nang dati, at ang ani na inyong aanihin ay iiwanan ninyo sa mga busal, (lahat) - maliban lamang sa kakaunting ilan na inyong kakainin. 48· At pagkaraan nito ay darating sa inyo ang pitong mahihirap (na taon), na lalamon sa anumang inyong inimbak (na nakalaan) sa hinaharap para sa kanila, (lahat) - maliban sa kakaunti na (tangi) ninyong inimbak. 49· At pagkaraan nito ay darating ang taon na ang mga tao ay magkakaroon ng saganang ulan, at dito sila ay magpipiga (ng alak at langis).”

50· At ang hari ay nagsabi: “Inyong dalhin siya sa akin.” Subalit nang ang isinugo ay pumunta sa kanya (Hosep), siya ay nagsabi: Magbalik ka sa iyong panginoon at iyong itanong, “Ano ang nangyari sa mga babae na nahiwa (ng kutsilyo) ang kanilang mga kamay? Katotohanan, ang aking Panginoon (Allah) ay higit na nakakabatid ng kanilang balak.” 51· (At ang hari) ay nagsabi (sa mga babae): “Ano ang inyong suliranin nang tangkain ninyong akitin si Hosep?” Ang mga babae ay nagsabi: “Huwag nawang ipahintulot ni Allah! Wala kaming alam na masama laban sa kanya!” Ang asawa ni Al-Aziz ay nagsabi: “Ngayon, ang katotohanan ay naging malinaw (sa lahat), ako ang nagtangkang umakit sa kanya, at katotohanang siya ay isa sa nagsasabi ng katotohanan.’

52· Kaya’t si Hosep ay nagsabi: “Ako ay nagtanong sa ganitong pag-uusisa upang kanyang (Al-Aziz) maalaman na siya ay hindi ko pinagtaksilan nang lihim. At katotohanang si Allah ay hindi namamatnubay sa pakana ng mga manlilinlang. 53· At hindi ko kinakalagan ang aking sarili

(na walang sisi). Katotohanan, ang kaluluwa (ng tao, o ang katawang tao) ay nahihilig sa masama, malibang ang aking Panginoon ay maggawad ng Kanyang Habag (sa sinumang Kanyang maibigan). Katotohanan, ang aking Panginoon ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain."

54· At ang hari ay nagsabi: "Inyong dalhin siya sa akin upang siya ay aking maidugtong sa aking pagkatao (alalaong baga, dahil si Hosep ay mapagkakatiwalaan at ang hari ay nagalak sa kanya, ibig ng hari na siya ay maglingkod sa kanya) ." At nang siya (hari) ay mangusap sa kanya, siya ay nagsabi: "Katotohanang sa araw na ito, ikaw ay kasama na namin sa mataas na katatayuan at ikaw ay lubos na pinagtitiwalaan." 55· Siya (Hosep) ay nagsabi: "Ako ay inyong ilagay upang pamahalaan ang mga bodega (bangan) sa kalupaan; tunay ngang babantayan ko ang mga ito ng may ganap na kaalaman (bilang isang Ministro ng Pananalapi sa Ehipto, bilang kapalit ni Al-Aziz na noon ay patay na). 56· Kaya't (sa ganito) Namin binigyan si Hosep ng ganap na kapamahalaan sa kalupaan, na humawak ng pagmamay-ari rito, kung kailan at saan niya ibig. Ipinagkakaloob Namin ang Aming Habag sa sinumang Aming maibigan at hindi Namin pababayaan na mawala ang ganti (gantimpala) ng Al-Muhsinun (mga mapaggawa ng kabutihan at katuwiran). 57· At katotohanan, ang gantimpala ng Kabilang Buhay ay higit na mainam sa mga sumasampalataya at palagi nang sumusunod kay Allah (sa pamamagitan ng pag-iwas sa lahat ng uri ng kasalanan at pagsasagawa ng lahat ng uri ng kabutihan at katuwiran).

58· At ang mga kapatid ni Hosep ay dumating at nagsipasok sa kanya, at kanyang nakilala sila, datapuwa't sila ay hindi nakakilala sa kanya. 59· At nang kanyang mabigyan sila ng

mga pagkain (ayon sa kanilang pangangailangan), siya ay nagsabi: “Dalhin ninyo sa akin ang inyong kapatid na lalaki mula sa inyong ama (ang tinutukoy niya ay si Benjamin). Hindi baga ninyo namamalas na ako ay nagbibigay ng ganap na sukat at ako ang pinakamainam sa mga tumatanggap ng panauhin? 60. Datapuwa’t kung siya ay hindi ninyo dadalhin sa akin, wala kayong makakamit na takal (ng mais) mula sa akin, at hindi rin kayo makakalapit sa akin.” 61. Sila ay nagsabi: “Susubukan namin na kumuha ng pahintulot (para sa kanya) mula sa kanyang ama, at katotohanan na gagawin namin ito.”

62. At sinabi (ni Hosep) sa kanyang mga katulong na ilagay ang kanilang (mga kapatid ni Hosep) salapi (alalaong baga, ang salapi na kanilang ipinambayad sa mais) sa kanilang mga bag na gamit sa biyahe, at kanilang malalaman lamang ito kung sila ay dumating na sa kanilang mga kaanak (pamayanan) upang magbalik. 63. Kaya’t nang sila ay bumalik sa kanilang ama, sila ay nagsabi: “O aming ama! Wala ng takal ng butil ang aming makukuha (maliban na dalhin namin ang aming kapatid). Kaya’t inyong payagan na sumama sa amin ang aming kapatid na lalaki, kung magkakagayon, ay makukuha namin ang aming takal (ng mais) at katotohanang siya ay aming pangangalagaan.” 64. Siya ay nagsabi: “Ipagkakatiwala ko ba siya sa inyo, na walang masamang mangyayari sa kanya na tulad noong ipinagkatiwala ko sa inyo ang inyong kapatid (Hosep)? Datapuwa’t si Allah ang Higit na Makakapangalaga, at Siya ang Pinakamaawain sa mga nagpapamalas ng habag.”

65. At nang buksan nila ang kanilang mga bag, natagpuan nila na ang kanilang salapi ay ibinalik sa kanila. Sila ay

nagsabi: “O aming ama! Ano pa ba ang aming hihilingin! Narito, ang aming salapi ay ibinalik sa amin, kaya’t makakakuha kami (ng higit) pang pagkain para sa aming pamilya at mababantayan pa namin ang aming kapatid, at higit pa rito ay makapagdaragdag pa kami ng isang dami (sukat) ng karga ng kamelyo. Ang daming ito (sukat o takal) ay madali (para sa hari na ibigay).” 66. Siya (Hakob) ay nagsabi: “Hindi ko siya pasasamahin sa inyo malibang kayo ay manumpa sa akin ng taos pusong pagsumpa sa Ngalan ni Allah, na siya ay inyong ibabalik sa akin, malibang kayo sa inyong sarili ay mapaligiran ng mga kaaway (o mawalan ng lakas).” At nang sila ay makapanumpa na nang mataos na pagsumpa, siya ay nagsabi: “Si Allah ang Saksi sa lahat ng ating tinuran.”

67. At kanyang sinabi sa kanila: “O aking mga anak (na lalaki)! Huwag kayong magsipasok sa iisang tarangkahan, datapuwa’t magsipasok kayo sa iba’t ibang tarangkahan, at hindi ako makakatulong sa inyo sa anupaman laban kay Allah. Katotohanan! Ang pagpapasya ay nakasalalay lamang kay Allah. Sa Kanya ay aking inilalagay ang aking pagtitiwala at hayaan ang lahat ng mga nagtitiwala ay magtiwala sa Kanya.” 68. At nang sila ay magsipasok (kay Hosep) ayon sa tagubilin ng kanilang ama, ito ay hindi nakatulong sa kanila kahit na kaunti laban (sa kapasiyahan) ni Allah. Ito ay naging paraan lamang upang masiyahan ang ninanais ng puso ni Hakob. At katotohanan, siya ay pinagkalooban ng karunungan sapagkat siya ay Aming tinuruan, datapuwa’t ang karamihan ng mga tao ay hindi nakakaalam.

69. At nang sila ay pumasok at kaharap na si Hosep, kinuha niya (Hosep) ang kanyang kapatid (Benjamin) at

nagsabi: “Katotohanan! Ako ang iyong kapatid (na lalaki), kaya’t huwag kang malumbay sa kanilang ginawa.” 70. Kaya’t nang sila ay kanya nang mabigyan ng kanilang mga pagkain, ay inilagay niya (ang ginintuang) tason sa bag ng kanyang kapatid (Benjamin), at doon ay mayroong sumigaw: “O kayong nasa sasakyang pambiyahe! Katotohanang kayo ay mga magnanakaw!” 71. Sila ay lumingon patungo sa kanila, at nagsabi: “Ano ba yaong nawawala sa inyo?” 72. Sila ay nagsabi: “Nawawala ang (ginintuang) tason ng hari, at sinuman ang makatagpo (o makapagpalitaw nito, [ang kapalit nito]) ay isang karga (ng pagkain) sa kamelyo. Ako ay naninindigan dito.” 73. Sila ay nagsabi: “Sa (pamamagitan ng Ngalan) ni Allah! Katotohanang nababatid mo na kami ay hindi pumarito upang magkalat ng kabuktutan sa kalupaan, at kami ay hindi mga magnanakaw!” 74. Ang mga (tauhan ni Hosep) ay nagsabi: “Ano baga ang magiging parusa sa kanya, kung kayo ay (napatunayan) na mga sinungaling.” 75. Sila (mga kapatid ni Hosep) ay nagsabi: “Ang kaparusahan sa sinuman, na sa kanyang bag ay matagpuan (ang nawawala), ay dapat na hulihin upang parusahan (sa gayong kasamaan). Sa gayon namin pinarurusahan ang Zalimun (mga buhong, mapaggawa ng kamalian, atbp.)!” 76. Kaya’t si Hosep ay nagsimulang (maghalughog) sa kanilang mga bag bago (ang paghahalughog) sa bag ng kanyang kapatid (Benjamin). At inilabas niya ito mula sa bag ng kanyang kapatid. Kaya’t sa ganito Kami nagplano para kay Hosep. Hindi niya makuha ang kanyang kapatid na lalaki dahilan sa (umiiral) na batas ng hari (bilang isang alipin), maliban sa kapahintulutan ni Allah. (Ginawa ni Allah ang magkakapatid na magkabuklod sa kanilang paraan ng “kaparusahan”, alalaong baga, ang

pang-aalipin sa isang magnanakaw). Itinataas Namin sa antas ng karunungan ang sinumang Aming maibigan, nguni't ang higit sa lahat na may karunungan ay ang Lubos na Maalam (Allah).

77. Sila (mga kapatid ni Hosep) ay nagsabi: "Kung siya ay magnakaw, mayroon din siyang kapatid (si Hosep) na nagnakaw nang una pa (sa kanya)." Datapuwa't ang mga bagay na ito ay sinarili na lamang ni Hosep, at hindi niya ipinagtapat ang mga lihim sa kanila. Sinambit niya sa (kanyang sarili): "Kayo ay nasa pinakamasamang pangyayari (usapin), at si Allah ang higit na nakakaalam ng lahat ninyong ipinaggigiitan!" 78. Sila ay nagsabi: "O tagapamahala ng kalupaan! Katotohanang siya ay may matandang ama (na mamimighati sa kanya); kaya't kunin mo ang isa sa amin bilang kapalit niya. Tunay nga, aming inaakala na ikaw ay isa sa mga gumagawa ng kabutihan." 79. Siya ay nagsabi: "Huwag nawang pahintulutan ni Allah na kami ay kumuha ng sinuman maliban sa kanya na siya naming kinatagpuan ng aming ari-arian. Katotohanang (kung ito ay aming gawin), kami ay magiging Zalimun (mga buktot, buhong, mapaggawa ng kamalian, atbp.)."

80. Kaya't nang sila ay nawalan na ng pag-asa sa kanya, sila ay lingid na nag-usap-usapan. Ang pinakamatanda sa kanila ay nagsabi: "Hindi baga ninyo alam na ang inyong ama ay kumuha ng sumpa mula sa inyo sa Ngalan ni Allah, at bago pa rito, kayo ay nabigo sa inyong tungkulin kay Hosep? Kaya nga, hindi ako aalis sa lupaing ito hanggang ako ay pahintulutan ng aking ama, o si Allah ay magpasya sa aking suliranin (sa pamamagitan nang pagpapalaya kay Benjamin) at Siya ang Pinakamarunong sa lahat ng Hukom."

81. Magsibalik kayo sa inyong ama at sabihin, “O aming ama! Katotohanan, ang inyong anak na lalaki (Benjamin) ay nagnakaw, at kami ay hindi sumasaksi maliban lamang sa aming nalalaman, at hindi namin napag-aalaman ang nalilingid! 82. At inyong tanungin (ang mga tao) ng bayan na aming pinuntahan, at sa sasakyang pambiyahe na aming sinakyang pabalik, at katiyakang kami ay nagsasabi ng katotohanan.”

83. Siya (Hakob) ay nagsabi: “Hindi, ang inyong sarili ang bumalangkas ng isang pangyayari (na mabuti) lamang para sa inyo. Kaya’t ang pagtitiis ay higit na makakabuti sa akin. Nawa’y ibalik silang lahat ni Allah sa akin. Tunay nga, tanging Siya lamang! Siya ang Ganap na Nakakatalos ng lahat, ang Lubos na Maalam.” 84. At siya ay tumalikod sa kanilang lahat at nagsabi: “Gaano kalaki ang aking pamimighati kay Hosep!” At nawalan siya ng paningin dahilan sa kalumbayan na kanyang pinaglalabanan. 85. Sila ay nagsabi: “Sa (pamamagitan ng Ngalan) ni Allah! Kayo (Hakob) ay hindi titigil sa pag-aala-ala kay Hosep hanggang sa kayo ay maging mahina na dahil sa katandaan, o hanggang sa mapabilang kayo sa mga pumanaw.” 86. Siya ay nagsabi: “Ako ay dumaraing lamang kay Allah sa aking pamimighati at pagkalumbay, at nababatid ko mula kay Allah ang hindi ninyo nalalaman. 87. O aking mga anak! Magsiyaon kayo at ipagtanong ang tungkol kay Hosep at sa kanyang kapatid na lalaki, at huwag kailanman mawalan ng pag-asa sa Habag ni Allah. Katiyakang walang nawawalan ng pag-asa sa Habag ni Allah, maliban sa mga tao na hindi sumasampalataya.”

88. Kaya’t nang sila ay magsipasok sa kanya (Hosep),

sila ay nagsabi: “O pinuno ng lupain! Ang isang kagipitan ay sumapit sa amin at sa aming pamilya, at wala kaming dala maliban sa kakaunting puhunan lamang, kaya’t kami ay bayaran mo nang ganap na sukat at maging mapagkawanggawa sa amin. Katotohanang binibigyan ng ganti ni Allah ang mapagkawanggawa.” 89. Siya ay nagsabi: “Alam ba ninyo kung ano ang inyong ginawa kay Hosep at sa kanyang kapatid na lalaki nang kayo ay mga mangmang pa?” 90. Sila ay nagsabi: “Tunay bang ikaw nga si Hosep?” Siya ay nagsabi: “Ako si Hosep, at ito ang aking kapatid (Benjamin). Si Allah ay katiyakang naging mapagpala sa amin. Katotohanang siya na may pagkatakot kay Allah at may pagsunod sa Kanya (sa pamamagitan nang pag-iwas sa lahat ng mga kasalanan at masasamang gawa at sa pagsasagawa ng mga mabubuti at matutuwid na gawa), at matiyaga, tunay nga, hindi hahayaan ni Allah na mawala ang Kanyang ganti sa mga gumagawa ng katampatan.”

91. Sila ay nagsabi: “Sa (pamamagitan ng Ngalan) ni Allah! Katotohanang higit kang minabuti ni Allah kaysa sa amin, at katotohanang kami ay naging makasalanan.” 92. Siya ay nagsabi: “Sa araw na ito, walang sisi ang ibubunton sa inyo, patawarin nawa kayo ni Allah, at Siya ang Pinakamaawain sa mga nagpapamalas ng habag! 93. Kayo ay humayo na dala ang aking damit, at ipagpag ninyo ito sa mukha ng aking ama, ang kanyang paningin ay muling magbabalik, at dalhin ninyo sa akin ang buo ninyong pamilya.”

94. At nang ang sasakyang pambiyahe ay umalis na (sa Ehipto), ang kanilang ama ay nangusap: “Katotohanang aking nalalanghap ang kinalalagyan ni Hosep, hindi, huwag ninyo akong tawaging ulyanin.” 95. Sila ay nagsabi:

"Sa (pamamagitan ng Ngalan) ni Allah! Tunay nga, kayo (Hakob) ay nasa inyong katandaan na at naggugunigguni." 96. At nang ang tagapagdala ng magandang balita ay dumating, ay ipinagpag niya ang damit (ni Hosep) sa buo niyang mukha (Hakob), at nanauli ang kanyang paningin. Siya ay nangusap: "Hindi baga sinabi ko na sa inyo, na nalalaman ko mula kay Allah ang hindi ninyo nalalaman." 97. Sila ay nagsabi: "O aming ama! Manikluhod kayo (kay Allah) para sa kapatawaran ng aming mga kasalanan, katotohanang kami ay naging mga makasalanan." 98. Siya ay nangusap: "Hihilingin ko sa aking Panginoon ang (Kanyang) pagpapatawad sa inyo, katotohanang Siya, (at) Siya lamang ang Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain."

99. Kaya't nang sila ay magsitungo kay Hosep, ay inilapit niya ang kanyang magulang (ama) sa kanyang sarili at nagsabi: "Pumasok kayo sa Ehipto, sa kapahintulutan ni Allah, nang matiwasay (sa kapayapaan at kapanatagan)." 100. At itinaas niya ang kanyang magulang sa luklukan at sila ay nagpatirapa (nagbigay galang) sa kanya (Hakob). Siya (Hosep) ay nagsabi: "O aking ama! Ito ang kahulugan ng aking panaginip noon pang una! Pinahintulutan ng aking Panginoon na ito ay mangyari! Siya ay tunay na mabuti sa akin nang ako ay hanguin Niya sa bilangguan, at kayo ay dinala (Niyang) lahat dito (sa akin) mula sa pamumuhay sa disyerto, pagkaraang makapagtanim si Satanas ng galit sa pagitan ko at ng aking mga kapatid. Katotohanan, ang Aking Panginoon ay Pinakamapagpala at Pinakamabait sa sinumang Kanyang maibigan. Katotohanan! Siya ay Tigib ng Kaalaman, ang Puspos ng Karunungan.

101. Aking Panginoon! Katotohanang ako ay pinagkalooban

Ninyo ng kapangyarihan (kapamahalaan), at itinuro (Ninyo) sa akin ang pagpapakahulugan ng mga panaginip; Kayo lamang ang tanging Manlilikha ng mga kalangitan at kalupaan! Kayo ang aking Wali (Tagapangalaga, Kawaksi, Tagapagtaguyod, Tagapagbantay, atbp.) sa mundong ito at sa Kabilang Buhay. Ako ay bayaan (Ninyo) na mamatay bilang isang Muslim (na sumusuko sa Inyong Kalooban) at ako ay (Inyong) ibilang sa mga matutuwid."

102. Ito ang balita ng Ghaib (bagay na nakalingid) na ipinahayag Namin sa iyo (O Muhammad) sa inspirasyon. Ikaw ay wala sa kanilang harapan nang sama-sama nilang balakin ang kanilang plano, gayundin nang sila ay naghahanda ng pakana. 103. At ang karamihan sa mga tao ay hindi mananampalataya gaano man kasidhi ang iyong naisin. 104. At wala kang hinihintay na ganti sa kanila (sa mensaheng) ito (sa mga nagtatatwa ng iyong pagka-propeta), sapagkat ito (ang Qur'an) ay wala ng iba maliban sa isang Paala-ala at Patnubay sa Aalamin (mga tao, Jinn at lahat ng mga nilalang).

105. At gaano na ba karami ang mga Tanda sa kalangitan at kalupaan ang hindi nila pinahalagahan (ipinagwalang bahala), habang sila ay salungat (tutol) dito. 106. At ang karamihan sa kanila ay hindi sumasampalataya kay Allah, maliban pa rito, sila ay nagtataguri ng mga katambal (sa Kanya). 107. Sila baga ay nakadarama ng katiwasayan sa daratal na lambong ng belo ng poot (kaparusahan) ni Allah laban sa kanila, o ang darating na (Huling) Oras laban sa kanila, sa isang iglap lamang, sa sandali na hindi nila napag-aakala? 108. Ipagbadya mo (O Muhammad): "Ito ang aking daan; kayo ay aking inaanyayahan tungo kay Allah

(alalaong baga, sa Kanyang Kaisahan, sa Islam), na may tiyak na kaalaman, ako at ang sinumang sumusunod sa akin (ay marapat ding mag-anyaya sa iba tungo kay Allah, alalaong baga, sa Kanyang Kaisahan at sa Islam) ng may sapat na kaalaman. Luwalhatiin at Ipagbantog si Allah (sa lahat ng iba pa, alalaong baga, higit Siyang Mataas sa lahat ng mga itinatambal sa Kanya). At ako ay hindi kasama sa Mushrikun (mga sumasamba sa diyus-diyosan, pagano, walang pananalig, mapaggawa ng kamalian, atbp.).

109. At hindi Kami kailanman nagsugo nang una pa sa iyo (ng mga Tagapagbalita) na hihigit pa sa pagiging tao, na Aming binigyang inspirasyon (hinirang) mula sa pamayanan ng mga bayan. Hindi baga sila nagsipaglakbay sa kalupaan at kanilang napagmalas kung ano ang kinasapitan ng mga tao na nauna sa kanila? At katotohanan, ang tahanan ng Kabilang Buhay ay siyang pinakamainam sa mga may pagkatakot kay Allah at sumusunod sa Kanya (sa pamamagitan nang pag-iwas sa mga kasalanan at kasamaan at pagsasagawa ng mga kabutihan at katuwiran). Hindi baga kayo nakakaunawa?
110. (Sila ay binigyan ng palugit), hanggang nang ang Aming mga Tagapagbalita ay mawalan na ng pag-asa at nag-isip na sila ay itinuring na mga sinungaling ng kanilang pamayanan (sila ay itinatwa at itinakwil), sa gayong kalagayan ay dumatal ang Aming tulong, at sinumang Aming maibigan ay naligtas. At ang Aming kaparusahan ay hindi maiilagan ng Mujrimun (mga taong buhong, buktot, kriminal, palasuway kay Allah, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, lagi sa kasalanan, atbp.).

111. Katotohanan, sa kanilang kasaysayan ay mayroong aral para sa mga tao na may pang-unawa. Ito (ang Qu'ran)

ay hindi isang huwad na katha (pahayag), bagkus, ay isang pagpapatotoo sa mga nangaunang Kasulatan (ang Torah [mga Batas], Ebanghelyo, atbp.), isang masusi at puspusang paliwanag sa lahat (ng bagay), at isang patnubay at Habag sa mga tao na sumasampalataya.

Surah 13 • Ar-Raad

Ang Kidlat

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. *Alif, Lam, Mim, Ra* (mga titik A, La, Ma, Ra).

Ito ang mga Talata ng Aklat (ang Qur'an), ang ipinahayag sa iyo (O Muhammad) mula sa iyong Panginoon ay ang Katotohanan, datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay hindi sumasampalataya. 2. Si Allah ang Siyang nagtaas sa kalangitan na wala ni anumang haligi kayong mapagmamalas. At pagkatapos, Siya ay nag-istawa (pumaibabaw) sa Luklukan (sa paraang naaangkop sa Kanyang Kamahalan, at hindi literal na Siya ay pisikal na nakaupo na tulad ng mga nilikha). Ipinailalim Niya (sa Kanyang pag-uutos) ang araw at buwan (upang magpatuloy na umiinog)! Ang bawat isa ay tumatakbo sa (kanyang daan) sa natatakdaang panahon. Siya ang namamahala sa lahat ng bagay-bagay (pangyayari), na nagpapaliwanag sa Ayat (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral, atbp.) sa masusing paraan, upang kayo ay manampalataya ng may katiyakan sa pakikipagtipan ninyo sa inyong Panginoon. 3.

At Siya ang naglatag ng sangkalupaan at naglagay dito ng matatatag na mga bundok, at mga ilog, at lahat ng uri ng bungangkahoy. Lumikha Siya ng Zawjain (lahat ng uri na magkapares, o dalawang uri na magkaiba, tulad ng itim at puti, matamis at maasim, maliit at malaki, atbp.). Nilikha Niya ang gabi upang pangkanlong sa araw (maghapon). Katotohanan, sa ganitong mga bagay ay may Ayat (mga tanda, aral, kapahayagan, katibayan, atbp.) sa mga tao na nagmumuni-muni.

4· At sa kalupaan ay may magkakadatig na malawak na landas, at mga halamanan na nagsisigapang, at mga bukiring natatamnan ng mais, at mga palmera, na sumisibol sa dalawa o tatlo mula sa isang punong ugat o isang sibol sa iisang ugat, na dinidiligan ng magkatulad (o parehong) tubig, magkagayunman, ang iba sa kanila ay ginawa Naming higit na mainam na kainin kaysa iba. Katotohanan, sa ganitong mga bagay ay may Ayat (mga tanda, aral, kapahayagan, katibayan, atbp.) sa mga tao na nakakaunawa.

5· At kung ikaw (O Muhammad) ay nanggigilalas (sa kahungkagan ng paniniwala ng mga mapagsamba sa diyus-diyosan, na nagtatakwil sa mensahe ng Kaisahan ni Allah at sa Islam, at nagturing sa mga iba sa pagsamba maliban pa kay Allah), kung gayon, higit na kataka-taka ang kanilang sinasabi: "Kung kami ba ay maging alabok na, katotohanang bang kami ay bubuhaying muli sa bagong (ibang) paglikha?" Sila nga ang hindi sumasampalataya sa kanilang Panginoon! Sila nga ang magkakaroon ng kadenang bakal na tatali sa kanilang mga kamay at nakakabit sa kanilang leeg. Sila ang magsisipanirahan sa Apoy upang manatili rito magpakailanman.

6. Sila ay nagtatanong sa iyo na madaliin ang kasamaan bago ang kabutihan, kahit na ang mga babalang parusa ay tunay na sumapit na sa kanila. Datapuwa't katotohanan, ang iyong Panginoon ay Puspos ng Pagpapatawad sa sangkatauhan kahima't sila ay mapaggawa ng kamalian. At katotohanan, ang iyong Panginoon ay Mahigpit (din) sa pagpaparusa.

7. At ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Bakit kaya wala ni isa mang Tanda ang ipinanaog sa kanya mula sa kanyang Panginoon?" Ikaw ay isa lamang tagapagbabala, at sa bawat mga tao (pamayanan) ay may isang namamatnubay.

8. Nababatid ni Allah ang isinisilang ng bawat babae, at kung gaano ang kulang o labis (sa oras at bilang) ng mga sinapupunan. Ang lahat ng bagay sa Kanya ay nasa ganap (angkop) na sukat. 9. Ang Lubos na Nakakatalos ng lahat ng nakalingid at nakalantad, ang Pinakadakila, ang Kataas-taasan. 10. Magkatulad lamang sa Kanya kung sinuman sa inyo ang magtago ng kanyang pananalita o magsabi nang lantaran, kahit na siya ay magtago sa gabi o lumakad nang malaya sa araw (maghapon).

11. Sa bawat isang (tao) ay may mga anghel na magkasunod, sa kanyang harapan at sa kanyang likuran. Sila ay nagbabantay sa kanya sa pag-uutos ni Allah. Katotohanan! Hindi babaguhin ni Allah ang kalagayan ng isang pamayanan hanggang hindi nila binabago ang kanilang sarili (sa pamamagitan ng kanilang paggawa ng mga kasalanan, pagsuway kay Allah at kawalan ng damdamin ng pasasalamat) tungo sa kabutihan. Datapuwa't kung naisin ni Allah ang kaparusahan sa mga tao, walang sinuman

ang makakapagpaliban nito, at sila ay walang makikitang tagapagtanggol maliban pa sa Kanya.

12. Siya ang nagpapamalas sa inyo ng kidlat, bilang isang pangamba (sa mga naglalakbay) at bilang isang pag-asa sa mga (naghihintay ng ulan). At Siya ang naglulunsad ng mga ulap (upang mamuo), na tigib (ng tubig o ulan). 13. Ang Ar-Raad (kidlat) ay lumuluwahati at nagpupuri sa Kanya, gayundin ang mga anghel sa pagpipitagan sa Kanya. Siya ang nagpaparating ng liwanag ng kidlat, at dito ay pinatatamaan Niya ang sinumang Kanyang maibigan, datapuwa't ang mga hindi sumasampalataya ay nagtatalo tungkol kay Allah. At Siya ang Pinakamalakas sa kapangyarihan at Mahigpit sa pagpaparusa.

14. Sapagkat nasasa-Kanya (lamang) ang Salita ng Katotohanan (alalaong baga, wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya). At yaong kanilang dinadalanginan (mga imahen at diyus-diyosan) ay dumirinig sa kanila ng hindi hihigit pa sa katulad ng isang naglalawit ng kanyang kamay (sa gilid ng balon) upang maabot ang kanyang bunganga, datapuwa't hindi niya ito maabot, at ang pagluhog ng mga hindi nananampalataya ay wala ng iba maliban sa kamalian (ito ay walang saysay).

15. At (tanging) kay Allah (lamang) nagpapatirapa ang sinumang nasa kalangitan at kalupaan, nang maluwag sa kalooban o hindi bukal sa kalooban, at gayundin ang kanilang anino sa maraming umaga at sa maraming hapon. 16. Ipagbadya (O Muhammad): "Sino ang Panginoon ng mga kalangitan at kalupaan?" Ipagbadya: "Siya, si Allah." Ipagbadya: "Tinangkilik ba ninyo (para sambahin) bilang

Auliya (tagapagtanggol, tagapangalaga, atbp.) ang iba pa maliban sa Kanya, sila na walang angking kapangyarihan upang magbigay ng kapakinabangan o kasahulan sa kanilang sarili? Ipagbadya: "Ang bulag ba ay katumbas ng isang nakakakita? O ang dilim ba ay katulad ng liwanag? O nag-aakibat ba sila kay Allah ng mga katambal (sa Kanya) na lumikha ng katulad ng Kanyang nilikha, upang ang nilikha (na kanilang ginawa, at ang Kanyang nilikha) ay maituturing na magkatulad para sa kanila." Ipagbadya: "Si Allah ang Tagapaglikha ng lahat ng bagay, Siya lamang ang Tanging Isa, ang hindi Mapapangibabawan."

17. Siya ang nagpapamalisbis ng tubig (ulan) mula sa alapaap at ang mga lambak ay nagsisidaloy ng ayon sa kanilang sukat, datapuwa't ang baha (agos) ang nagdadala ng bula na natitipon sa ibabaw, at gayundin (sa tanso) na kanilang iniinit sa apoy upang sila ay makagawa ng mga palamuti at kasangkapang (pangkusina), dito ay mayroon ding bula na katulad nito, sa ganito, sa pamamagitan ng paghahambing, ay ipinamamalas ni Allah ang Katotohanan at Kabulaanan. At tungkol sa bula (ng baha), ito ay dumaraan bilang dumi sa mga baybay ng ilog, datapuwa't ang makakabuti sa sangkatauhan ay nananatili sa kalupaan. Sa ganito, si Allah ay nagpapamalas ng mga paghahambing (tungo sa paniniwala at hindi paniniwala, Katotohanan at Kabulaanan).

18. At sa mga tumutugon sa Panawagan ng kanilang Panginoon (nanampalataya sa Kaisahan ni Allah at sumunod sa Kanyang Tagapagbalitang si Muhammad, ay magkakamit) ng Al-Hussna (alalaong baga, ang Paraiso). Subalit sila na hindi duminig ng Kanyang Panawagan (hindi

nanampalataya sa Kaisahan ni Allah at hindi sumunod sa Kanyang Tagapagbalitang si Muhammad), kahima't sila man ay mayroon ng lahat ng naririto sa mundo at katulad nito, ang mga ito ay ibibigay nilang lahat upang mailigtas nila ang kanilang sarili (sa kaparusahan, subalit ito ay walang magiging saysay). Sa kanila ay sasapit ang kahila-hilakbot na pagbabalik-gunita. Ang kanilang pananahanan ay Impiyerno; - at totoo namang napakasama ng lugar na ito upang pagpahingahan."

19. Siya kaya na nakakaalam na ang mga ipinahayag sa iyo (O Muhammad) ay siyang Katotohanan mula sa iyong Panginoon ay makakatulad kaya niya na isang bulag? Datapuwa't silang mga tao lamang na may pang-unawa ang nagbibigay ng pahalaga. 20. Sila na tumutupad sa Kasunduan kay Allah at hindi sumisira sa Mithaq (usapan, kasunduan); 21. Sila na nakikipagkaisa sa mga bagay na ipinag-utos ni Allah na pag-isahin (alalaong baga, sila ay mabuti sa kanilang mga kamag-anak at hindi sumisira sa bigkis ng pamilya), may pagkatakot sa kanilang Panginoon at nangangamba sa kahila-hilakbot na pagbabalik-gunita (alalaong baga, ang pagsusulit sa Kabilang Buhay, kaya't sila ay umiiwas sa lahat ng uri ng kasalanan at kasamaan at nagsasagawa ng lahat ng uri ng kabutihan na ipinag-utos ni Allah). 22. At sila na nagsisipagtiis, na naghahanap ng Pagsang-ayon ng kanilang Panginoon, at nag-aalay ng dasal nang mahinusay (Iqamat-as-Salat), at gumugugol mula sa (biyaya) na Aming ipinagkaloob sa kanila, ng lihim at lantad, at umiiwas sa kasamaan sa pamamagitan ng kabutihan, para sa kanila ay mayroong mainam na hantungan; 23. Walang hanggang Halamanan sa Paraiso na kanilang papasukin at (gayundin

naman), sila na nagsigawa nang matuwid mula sa lipon ng kanilang mga ama, at kanilang mga asawang (babae), at kanilang mga anak. At ang mga anghel ay papasok sa kanila sa bawat tarangkahan (na nagsasabi): 24. "Salamun alaykum" (Ang kapayapaan ay sumainyo) sapagkat kayo ay nagsipagtiyaga sa pagbabata! Tunay na pagkagaling-galing ang huling Tahanan!"

25. At sila na sumisira sa kasunduan ni Allah, pagkaraan nang pagpapatibay dito, at pumuputol sa mga ipinag-uutos ni Allah na marapat na magkaisa (alalaong baga, ipinagwawalang bahala ang bigkis ng pagkakamag-anak at hindi mabuti ang pakikitungo sa kanilang mga kamag-anak), at gumagawa ng kabuktutan sa kalupaan, sasakanila ang sumpa (ni Allah, alalaong baga, sila ay malalayo sa Habag Niya); at para sa kanila ang malungkot (masamang) tahanan (alalaong baga, ang Impiyerno). 26. Si Allah ang nagpaparami ng biyaya (pagkain at pangangailangan) sa sinumang Kanyang maibigan at nagpapaunti nito (sa sinumang Kanyang maibigan), at sila ay nagsisipagsaya sa buhay sa mundong ito, datapuwa't ang buhay sa mundong ito kung ihahambing sa Kabilang Buhay ay isa lamang pagsasaya na pansamantalang dumaraan.

27. At sila na hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Bakit kaya wala kahit isang Tanda ang ipinanaog sa kanya (Muhammad) mula sa kanyang Panginoon?" Ipagbadya: "Katotohanang si Allah ang nagliligaw sa sinumang Kanyang naisin at namamatnubay tungo sa Kanyang Sarili sa sinumang bumabaling sa Kanya sa pagsisisi. 28. Sila na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam), at yaong mga puso na nakadarama ng katiwasayan sa pag-

aala-ala kay Allah, katotohanan, sa pag-aala-ala kay Allah, ang mga puso ay nakakasumpong ng kapahingahan! 29. Sila na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam), at nagsisigawa ng kabutihan, sasakanila ang Tuba (ito ay nangangahulugan ng lahat ng uri ng kaligayahan na mahirap ilarawan sa salita lamang, o isang uri ng punongkahoy sa Paraiso), at isang magandang lugar (nang pangwakas) na pagbabalik."

30. Kaya't ikaw (O Muhammad) ay isinugo Namin sa isang pamayanan na bago pa rito ay marami ng pamayanan ang pumanaw, upang iyong maipagturing sa kanila ang mga bagay na ipinahayag Namin sa iyo, habang sila ay hindi nananampalataya sa Pinakamapagpala (Allah). Ipagbadya: "Siya ang aking Panginoon! La ilaha illa Huwa (Walang ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya)! Sa Kanya ang aking pagtitiwala at sa Kanya ang aking pagbabalik ng may pagsisisi."

31. At kung nagkaroon man ng Qur'an na makakapagpagalaw sa mga kabundukan (sa kanilang kinalalagyan), o ang kalupaan ay mabiyak ng lansag-lansag, o ang patay ay magawang makapagsalita (ito ay wala ng iba maliban sa Qur'an na ito). Datapuwa't ang pagpapasya sa lahat ng bagay ay katotohanang (angkin) ni Allah. Hindi baga ang mga nananampalataya ay nakakaalam na kung ninais lamang ni Allah ay mapapatnubayan Niyang lahat ang buong sangkatauhan (upang manampalataya)? At ang kalamidad ay hindi titigil sa pagsalanta sa mga hindi sumasampalataya dahilan sa kanilang kasamaan o (ang kalamidad) ay magiging malapit sa kanilang mga tahanan hanggang ang pangako ni Allah ay matupad. Katotohanang

si Allah ay hindi nakakaligta sa Kanyang Pangako. 32. At katotohanang (marami ng) mga Tagapagbalita ang tinuya nang una pa sa iyo (O Muhammad), subalit Ako ay nagbigay ng palugit sa mga hindi sumasampalataya, at sa huli ay Aking pinarusahan sila. Kaya't gayon (katindi) ang Aking Kaparusahan!

33. Siya ba (Allah) na namamahala (nagtutustos, nagkakaloob, nangangalaga, atbp.) sa bawat tao (kaluluwa) at nakakaalam ng lahat niyang ginagawa ay katulad ng ibang (mga diyus-diyosan na walang nalalaman)? Gayunpaman, sila ay nagtataguri ng mga katambal kay Allah. Ipagbadya: "Ibigay ninyo ang kanilang mga pangalan! Ipapaalam ba ninyo sa Kanya ang bagay na hindi Niya nalalaman sa kalupaan, o ito kaya ay isa lamang pagpapamalas ng kasinungalingan." Hindi! Sa mga hindi sumasampalataya, ang kanilang pakana ay pinag-anyong nakakalugod, at sila ay hinadlangan sa Tamang Landas, at kung sinuman ang hayaan ni Allah na maligaw, (sa kanya) ay walang makakapamatnubay. 34. Para sa kanila ay may kaparusahan sa buhay sa mundong ito, at katotohanang higit na mahirap ang kaparusahan sa Kabilang Buhay, at sila ay walang tagapagtanggol laban kay Allah.

35. Ang paglalarawan sa Paraiso na ipinangako sa Muttaqun (mga matutuwid at mabubuting tao na nagmamahal kay Allah at umiiwas sa lahat ng mga kasalanan) ay ito! - sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy, ang kanyang pagkain (at mga panustos) ay hindi nasasaid, gayundin ang kanyang lilim, ito ang katapusan (panghuling hantungan) ng Muttaqun, at ang katapusan (panghuling hantungan) ng mga hindi sumasampalataya ay Apoy.

36. Sa kanila na Aming pinagkalooban ng Aklat (katulad ni Abdullah bin Salam at iba pang mga Hudyo na yumakap sa Islam), ay nagagalak sa anumang ipinahayag Namin sa iyo (alalaong baga, ang Qur'an), datapuwa't mayroon sa lipon ng mga mag-anak (mula sa mga Hudyo at pagano) ang nagtatakwil sa bahagi nito. Ipagbadya (O Muhammad): "Ako ay pinag-utusan lamang na tanging sumamba kay Allah at huwag magtambal (ng iba pang diyos) sa Kanya. Sa Kanya lamang ako dumadalangin at sa Kanya ang aking pagbabalik". 37. Kaya't Aming ipinanaog ito (ang Qur'an) upang maging kapasyahan ng kapamahalaan sa (wikang) Arabik. Kung ikaw (O Muhammad) ay susunod sa kanilang (maimbot) na mga pagnanasa, matapos ang karunungan ay dumatal sa iyo, kung gayon, ikaw ay hindi magkakaroon ng anumang wali (tagapangalaga) o tagapagtanggol laban kay Allah. 38. At katotohanang Kami ay nagsugo ng mga Tagapagbalita na nauna pa sa iyo (O Muhammad), at Aming ginawaran sila ng mga asawa at anak. At hindi isang katampatan sa isang Tagapagbalita na magdala siya ng Tanda maliban sa kapahintulutan ni Allah. Sa bawat isa at lahat ng bagay ay mayroong kautusan (mula kay Allah). 39. Si Allah ang bumubura (o pumapawi) sa anumang Kanyang maibigan at nagpapatotoo (o nagpapatibay) sa (anumang Kanyang maibigan), at nasa Kanya (ang pag-iingat) sa Ina ng mga Aklat (Al-Lauh Al-Mahfuz).

40. Kahit na ipamalas Namin sa iyo (O Muhammad) ang bahagi ng Aming ipinangako sa kanila o ikaw ay hayaan Namin na mamatay, ang iyong tungkulin lamang ay upang ihatid sa kanila (ang Mensahe), at sa Amin ang pagtutuos. 41. Hindi baga nila namamasdan na unti-unti Naming

binabawasan ang lupain (ng mga hindi sumasampalataya, at ibinibigay sa mga sumasampalataya, sa kanilang pananagumpay sa digmaan), mula sa kanyang malayong hangganan. At si Allah ang humahatol, wala ng iba pa ang makakapigil ng Kanyang hatol at Siya ay Maagap sa pagtutuos. 42. At katotohanan, ang mga tao na una pa sa kanila ay nagbalak ng mga pakana, datapuwa't ang lahat ng pagpaplano ay (angkin) ni Allah. Talastas Niya ang kinikita ng bawat tao, at ang mga hindi sumasampalataya ay makakaalam kung sino ang magkakamit ng mainam na katapusan (huling hantungan).

43. At sila na hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Ikaw (O Muhammad) ay hindi isang Tagapagbalita." Ipagbadya: "Sapat na bilang saksi sa pagitan natin si Allah, gayundin sa mga tao na may karunungan sa Kasulatan (katulad ni Abdullah bin Salam at iba pang mga Hudyo at Kristiyano na yumakap sa Islam)."

Surah 14 • Ibrahim

Abraham

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. *Alif, Lam, Ra* (mga titik A, La, Ra).

Ito ay isang Aklat na Aming ipinahayag sa iyo (O Muhammad) upang iyong mapatnubayan ang sangkatauhan mula sa kadiliman (kawalan ng pananalig at pagsamba sa mga diyus-diyosan) tungo sa liwanag (pananalig sa

Kaisahan ni Allah at sa Islam) sa kapahintulutan ng kanilang Panginoon tungo sa Landas ng Pinakamakapangyarihan, ang Nag-aangkin ng lahat ng mga Pagpupuri. 2· Si Allah ang nag-aangkin ng lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan! At kasawian sa mga hindi sumasampalataya sa daratal na matinding kaparusahan (sa kanila). 3· Sila na higit na minamabuti ang buhay sa mundong ito kaysa sa Kabilang Buhay, at humahadlang (sa mga tao) sa Landas ni Allah (alalaong baga, sa Islam) at naghahanap ng kalikuan dito, - sila nga ang napaligaw nang malayo.

4· At hindi Kami nagsugo ng isang Tagapagbalita maliban sa wika ng kanyang pamayanan, upang kanyang maiparating (ang Mensahe) nang malinaw sa kanila. At si Allah ang nagliligaw sa sinumang Kanyang maibigan at namamatnubay sa sinumang Kanyang maibigan, at Siya ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakamaalam.

5· At katotohanang isinugo Namin si Moises na may dalang Ayat (mga tanda, katibayan, aral, kapahayagan, atbp.) mula sa Amin (na nagsasabi): "Hanguin mo ang iyong pamayanan mula sa kadiliman tungo sa liwanag, at gawin mong maala-ala nila ang mga salaysay (ng kasaysayan) ni Allah. Tunay ngang sa mga ito ay mayroong mga katibayan, katotohanan at tanda sa bawat mapagtiis at mapagpasalamat (na tao).

6· At (gunitain) nang sabihin ni Moises sa kanyang pamayanan: "Isaisip ninyo ang mga kagandahang loob (tulong) sa inyo ni Allah nang Kanyang iligtas kayo sa mga tao ni Paraon na nagbibigay sa inyo ng kahila-hilakbot na pagpaparusa at pumapatay sa inyong mga anak na lalaki at hinahayaan na buhay ang mga babae, at sa mga ito ay may matinding pagsubok mula sa inyong Panginoon." 7· At

(gunitain) nang ipahayag ng inyong Panginoon sa madla: "Kung kayo ay may utang na loob ng pasasalamat (sa pamamagitan nang pagtanggap sa Pananalig at pagsamba lamang kay Allah), kayo ay higit Kong pagkakalooban (ng Aking mga Biyaya), subalit kung kayo ay walang pasasalamat (alalaong baga, walang pananampalataya), katotohanan, ang Aking parusa ay tunay na matindi." 8. At si Moises ay nagbadya: "Kung kayo ay hindi sasampalataya, kayo at ang lahat ng nasa kalupaan nang sama-sama, katotohanang si Allah ay Puspos ng Kasaganaan (hindi nangangailangan ng anuman), ang Karapat-dapat sa lahat ng Pagpupuri.

9. Hindi baga ang kasaysayan ay nakarating sa inyo, ng mga tao na nauna sa inyo, ang mga Tao ni Noe, at ni A'ad, at ni Thamud? At ang mga sumunod sa kanila? Walang nakakakilala sa kanila maliban kay Allah. Sa kanila ay dumatal ang kanilang mga tagapagbalita na may taglay na maliwanag na katibayan, subalit inilalagay nila ang kanilang mga kamay sa kanilang bibig (kinakagat ang mga ito dahil sa galit) at nagsabi: "Katotohanang kami ay hindi naniniwala sa bagay na ipinadala sa iyo, at kami ay lubhang nag-aalinlangan sa bagay na kami ay iyong inaanyayahan (alalaong baga, ang Kaisahan ni Allah at sa Islam).

10. Ang kanilang mga Tagapagbalita ay nagbadya: "Ano! Mayroon pa ba kayang pag-aalinlangan kung tungkol kay Allah, ang Manlilikha ng mga kalangitan at kalupaan? Kanyang tinatawagan kayo (sa Islam, at maging masunurin kay Allah) upang kayo ay Kanyang patawarin sa inyong mga kasalanan at bigyan kayo ng palugit sa natatakdaang araw." Sila ay nagsabi: "Ikaw ay isang tao lamang na katulad namin! Ninanais mong talikdan namin ang sinasamba noon pa ng

aming mga ninuno. Kung gayon, dalhin mo sa amin ang maliwanag na kapamahalaan (alalaong baga, ang malinaw na katibayan sa iyong sinasabi).”

11. Ang kanilang mga Tagapagbalita ay nagsabi sa kanila: “Kami ay hindi hihigit pa sa pagiging tao na katulad ninyo, datapuwa’t si Allah ang nagkakaloob ng Kanyang pagpapala sa sinumang Kanyang maibigan sa Kanyang mga alipin. Wala sa amin ang kapamahalaan na dalhin sa inyo ang kapamahalaan (katibayan) maliban sa kapahintulutan ni Allah. At kay Allah (lamang), hayaan ang mga sumasampalataya ay magtiwala. 12. At bakit hindi namin ilalagay ang aming pagtitiwala kay Allah samantalang Siya ay katotohanang namatnubay sa aming daan. At katiyakang kami ay magbabata ng may pagtitiyaga sa lahat ng inyong ginawang pasakit sa amin, at kay Allah (lamang), hayaan ang may pagtitiwala ay maglagay ng kanilang pagtitiwala (sa Kanya).”

13. At sila na hindi sumasampalataya ay nagsabi sa kanilang mga Tagapagbalita: “Katotohanang kayo ay itataboy namin (palayo) sa aming lupain, o kayo ay magbabalik sa ating relihiyon.” Kaya’t ang kanilang Panginoon ay nagpahayag sa kanila: “Katotohanan, Aming wawasakin ang Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kabuktutan, walang pananalig, atbp.). 14. At katotohanan, Aming hahayaan kayo na manahan sa kanilang mga lupain pagkaraan nila. Ito ay para sa kanya na nakatindig ng may pagkatakot sa Aking harapan (sa Araw ng Muling Pagkabuhay o nangangamba sa Aking kaparusahan), at gayundin, ay may pangangamba sa Aking banta.”

15. Datapuwa’t sila (ang mga Tagapagbalita) ay nanikluhod

ng tagumpay at tulong (mula sa kanilang Panginoon, si Allah), at ang bawat suwail at palalong diktador (na tumatangging maniwala sa Kaisahan ni Allah) ay inihantong sa ganap na pagkalungi at pagkawasak. 16. Sa harapan niya (ang bawat suwail, palalong diktador) ay Impiyerno, at siya ay paiinumin ng kumukulo at nagnananang tubig. 17. Iinumin niya ito nang laban sa kanyang kalooban, at makadarama siya ng matinding kahirapan sa paglunok nito pababa sa kanyang lalamunan, at ang kamatayan ay daratal sa kanya sa bawat panig, gayunpaman, siya ay hindi mamamatay at sa harapan niya ay may matinding pagpaparusa.

18. Ang kahalintulad nga ng mga hindi sumasampalataya sa kanilang Panginoon; ang kanilang mga gawa ay tulad ng abo, na hinipan ng humahagupit na hangin sa araw na bumabagyo, sila ay hindi maaaring makakuha ng anuman sa bagay na kanilang kinita. Ito ang pagkapariwara na lubhang malayo (sa Matuwid na Landas). 19. Hindi baga ninyo napagmamalas na nilikha ni Allah ang mga kalangitan at kalupaan sa Katotohanan! Kung Kanyang naisin, kayo ay matatanggal Niya at maipapalit (sa halip ninyo) ang ibang nilikha! 20. At para kay Allah, ito ay hindi mahirap o mabigat (alalaong baga, tunay na lubhang magaan para sa Kanya).

21. At silang lahat ay tatambad sa harapan ni Allah (sa Araw ng Muling Pagkabuhay), at ang mga mahina ay mangungusap sa mga palalong (pinuno): "Katotohanan, aming sinunod kayo, kami ba ay matutulungan ninyo kahit na ano lamang sa kaparusahan ni Allah?" Sila ay magsasabi: "Kung kami ay pinatnubayan ni Allah, kayo sana ay aming napatnubayan. Wala ng halaga sa atin (ngayon) kung tayo

man ay mapoot, o ang magbata (ng mga parusang ito) ng may pagtitiis, walang lugar ng kaligtasan para sa atin."

22. At si Satanas ay mangungusap kung ang bagay ay napagpasyahan na: "Tunay ngang si Allah ay nangako sa inyo ng pangako ng Katotohanan. At ako rin ay nangako sa inyo, nguni't aking ipinagkaluno kayo. Ako ay walang kapamahalaan sa inyo, maliban na kayo ay aking inakit, at kayo ay sumunod sa akin. Kaya't huwag ninyo akong sisihin, bagkus ay sisihin ninyo ang inyong sarili. Kayo ay hindi ko matutulungan, gayundin, ako ay hindi ninyo matutulungan. Itinatanggi ko ang inyong (dating) gawain ng pagtatambal ninyo sa akin (Satanas) kay Allah (sa pamamagitan ng pagsunod ninyo sa akin sa buhay sa mundong ito). Katotohanang may kasakit-sakit na kaparusahan sa Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian, walang pananalig, buktot, atbp.)."

23. At sila na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Kanyang mga Tagapagbalita at sa kanilang mga dinalang pahayag) at nagsigawa ng kabutihan ay hahayaan na magsipasok sa mga Halamanan na sa ilalim nito ay may mga batis na nagsisidaloy, - upang manahan dito magpakailanman (alalaong baga, sa Paraiso), ng may kapahintulutan ng kanilang Panginoon. Ang kanilang pagbati rito ay Salam (Kapayapaan!).

24. Hindi baga ninyo napagmamalas kung paano si Allah ay nagpapakita ng paghahambing? Ang isang magandang salita tulad ng isang magandang punongkahoy, na ang mga ugat ay matatag na nakakabit, at ang kanyang mga sanga ay (umaabot) sa alapaap (alalaong baga, lubhang napakataas),

25. Na nagbibigay ng kanyang bunga sa lahat ng panahon,

sa kapahintulutan ng Kanyang Panginoon. Si Allah ay nagbibigay ng paghahambing sa sangkatauhan upang sila ay makaala-ala. 26. At ang paghahambing ng isang masamang salita ay katulad ng isang masamang punongkahoy na nabunot (ang mga ugat) sa ibabaw ng lupa; na walang katatagan.

27. Si Allah ang magpapatatag sa mga sumasampalataya sa (pamamagitan) ng salita na nakatindig nang matatag sa mundo (alalaong baga, sila ay magpapatuloy sa pagsamba lamang kay Allah at wala ng iba), at gayundin sa Kabilang Buhay. At si Allah ay magpapahintulot na mapariwara ang Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian, buktot, atbp.), at si Allah ay gumagawa ng Kanyang naisin.

28. Hindi baga ninyo napagmamalas sila na ipinagpalit ang mga Pagpapala ni Allah sa kawalan ng pananampalataya (sa pamamagitan ng pagtatakwil kay Propeta Muhammad at sa kanyang Mensahe ng Islam), at nagpahamak sa kanilang mga tao upang manahan sa Tahanan ng Pagkawasak? 29. (Sa) Impiyerno, kung saan sila ay susunugin, - ang isang pagkasama-samang lugar upang panahanan! 30. At sila ay nagtambal ng mga karibal kay Allah, upang iligaw (ang mga tao) sa Kanyang Landas! Ipagbadya: "Magsipagsaya kayo (sa inyong maigsing buhay)! Datapuwa't katotohanan, ang inyong hantungan ay (Apoy) ng Impiyerno!"

31. Ipagbadya mo (O Muhammad) sa Ibadi (sa Aking mga alipin) na nagsisisampalataya, na sila ay marapat na magalay ng palagiang pagdarasal nang mahinusay (Iqamat-as-Salat) at gumugol sa kawanggawa mula sa panustos na ipinagkaloob Namin sa kanila, ng lingid at lantad, bago

dumating ang Araw na roon ay walang pakikipagtawaran (at bilihan), gayundin ng pakikipagkaibigan.

32· Si Allah ang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan at nagpamalisbis ng tubig (ulan) mula sa alapaap, at dito ay nagpalabas ng mga bungangkahoy bilang pagkain ninyo, at ginawa Niya ang mga barko na kapakinabangan sa inyo, upang sila ay makapaglayag sa dagat sa pamamagitan ng Kanyang pag-uutos, at nilikha rin Niya ang mga ilog upang makatulong sa inyo. 33· At nilikha Niya ang araw at buwan, na kapwa patuloy na tumatahak sa kanilang landas (ng pag-inog), upang makatulong sa inyo, at ginawa Niya ang gabi at araw (maghapon), upang maging kapakinabangan sa inyo. 34· At ibinigay Niya sa inyo ang lahat ng inyong hinihingi, at kung inyong bibilangin ang mga Pagpapala ni Allah, kailanman ay hindi ninyo ito magagawang bilangin. Katotohanan! Ang tao ay walang pagsalang mapaggawa ng kamalian, - isang hindi nananampalataya (walang damdamin ng pasasalamat, nagtatatwa sa mga Pagpapala ni Allah sa pamamagitan ng kawalan ng pananalig at pagsamba sa mga iba maliban pa kay Allah, sa pagsuway sa Kanya at sa Kanyang Propetang si Muhammad).

35· At alalahanin nang manikluhod si Abraham: "O aking Panginoon! Gawin Ninyo ang lungsod na ito (Makkah) na maging isang lugar ng kapayapaan at katiwasayan, at Inyong iadya ako at ang aking mga anak sa pagsamba sa mga diyus-diyosan. 36· O aking Panginoon! Katotohanang iniligaw nila ang karamihan sa sangkatauhan. Datapuwa't sinumang sumunod sa akin, katotohanang siya ay aking kakampi. At sinumang sumuway sa akin, - tunay na Kayo pa rin (Allah) ang Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

37. O aming Panginoon! Hinayaan ko ang iba sa aking mga anak na manirahan sa lambak na walang pananim, sa iyong Sagradong Tahanan (ang Ka'ba sa Makkah), upang sa gayon, O aking Panginoon, na sila ay magsipag-alay ng panalangin nang mahinusay (Iqamat-as-Salat), kaya't Inyong gawaran ang puso ng ibang tao na may pagmamahal tungo sa kanila, at (O Allah) Inyong pagkalooban sila ng mga bungangkahoy upang sila ay magbigay ng pasasalamat.

38. O aming Panginoon! Katotohanang batid Ninyo kung ano ang aming ikinukubli at kung ano ang aming inilalantad. Walang anuman sa mga kalangitan at kalupaan ang nalilingid kay Allah. 39. Ang lahat ng pagpupuri at pasasalamat ay kay Allah, na nagkaloob sa akin sa panahon ng aking katandaan kay Ismail at Isaac. Katotohanan, ang aking Panginoon ang Lubos na Dumirinig ng lahat ng mga panalangin. 40. O aking Panginoon, Inyong gawin ako na maging isa sa nag-aalay ng ganap na panalangin nang mahinusay (Iqamat-as-Salat) at gayundin ang aking mga anak, O aking Panginoon! At Inyong tanggapin ang aking panambitan. 41. Aming Panginoon! Inyong patawarin ako at ang aking mga magulang at ang lahat ng mga sumasampalataya sa Araw na ang Pagtutuos ay isasagawa."

42. Huwag ninyong isaisip na si Allah ay hindi nakakapansin ng mga ginagawa ng Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian, buktot, atbp.), datapuwa't Kanyang binibigyan sila ng palugit hanggang sa Araw na ang mga mata ay tititig sa pagkagimbal. 43. Sila ay humahangos (sa kanilang) unahan na ang mga leeg ay nakahindig, ang kanilang ulo ay nakatuon sa itaas (sa alapaap), ang kanilang paningin ay hindi bumabalik tungo

sa kanila at ang kanilang puso ay hungkag (sa pag-iisip, dahilan sa matinding pagkatakot).

44. At iyong babalaan (O Muhammad) ang sangkatauhan sa Araw na ang kaparusahan ay sasapit sa kanila; at ang mga buktot ay magsasabi: "O aming Panginoon! Inyong palugitan kami ng ilang sandali, kami ay tutugon sa Inyong panawagan at susunod sa Inyong mga Tagapagbalita!" (Dito ay ipagbabadya): "Hindi baga kayo ay nagsisumpa noon na hindi ninyo iiwanan (ang mundo para sa Kabilang Buhay)."
45. At nagsipanirahan kayo sa mga tirahan ng mga tao na nagpariwara sa kanilang sarili, at ito ay maliwanag sa inyo kung paano Namin pinakitunguhan (o pinagpasyahan) sila. At inihantad Namin sa inyo ang maraming paghahambing.
46. Katotohanang binalak nila ang kanilang plano, at ang kanilang pagbabalak ay nababatid ni Allah, kahima't ang kanilang pagpaplano ay (isang) matinding plano, (gayunpaman), ito ay hindi makakapagpaalis sa kabundukan (mga tunay na bundok o mga batas Islamiko) sa kanilang kinalalagyan (sapagkat ito ay walang halaga). [Sinasabi ng ibang mga tagapagpaliwanag tungkol sa talatang ito, na ang mga paganong Quraish ay nagbalak nang laban kay Propeta Muhammad na patayin siya datapuwa't sila ay nabigo na gawin ang kanilang pakay na kanilang binalak].
47. Kaya't huwag ninyong akalain na si Allah ay hindi tutupad sa Kanyang Pangako sa Kanyang mga Tagapagbalita. Katotohanang si Allah ang Pinakamakapangyarihan, ang Ganap na Makakagawa ng lahat ng Ganti (Kabayaran).
48. Sa Araw na ang kalupaan ay mapapalitan ng ibang kalupaan, at gayundin ang mga kalangitan, at ang lahat (ng mga nilikha) ay tatambad sa harapan ni Allah, ang

Tanging Isa, ang Hindi Mapapangibabawan. 49. At inyong mapagmamalas ang Mujrimun (mga buktot, buhong, hindi sumasampalataya sa Kaisahan ni Allah, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, atbp.), sa Araw na yaon ay natatanikalaan (ang Muqarranun [mga makasalanan, tampalasan, atbp.], na nagagapos ng tanikala ang kanilang mga paa at kamay nang sama-sama at nakakabit sa kanilang leeg). 50. Ang kanilang kasuutan ng aspalto (o alkitran) at apoy ay babalot sa kanilang mukha, 51. Upang si Allah ay magbigay ganti sa bawat tao ayon sa kanyang kinita. Katotohanang si Allah ay Maagap sa Pagsusulit. 52. Ito (ang Qur'an) ay isang Mensahe sa sangkatauhan (at isang maliwanag na katibayan laban sa kanila), upang sila ay mababalaan sa gayong paraan at upang kanilang mapag-alaman na Siya lamang ang Tanging Nag-iisang Diyos (Allah), at upang ang mga tao na may pang-unawa ay sumunod.

Surah 15 • Al-Hijr

Ang Mabatong Daan

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. *Alif, Lam, Ra* (mga titik A, La, Ra).

Ito ang mga Talata ng Aklat, at isang maliwanag na Qur'an. 2. Marahil (ay malimit) na ang mga hindi sumasampalataya ay nagnanais na sila sana ay naging mga Muslim (sila na nagsuko ng kanilang sarili sa Kalooban ni Allah, sa Kanyang Kaisahan at sa Islam), ito (ang kalagayan) sa Araw ng Muling

Pagkabuhay kung kanilang mapagmamalas ang mga hindi sumasampalataya na patungo sa Impiyerno (at ang mga Muslim ay patungo sa Paraiso). 3· Hayaan sila na kumain at magpakasaya, at hayaan sila na maging abala (sa huwad) na pag-asa. (Ito ay) kanilang mapag-aalaman! 4· At kailanman ay hindi Namin winasak ang isang bayan malibang may hayag (o nakatakdang) kautusan dito. 5· Walang bansa (pamayanan) ang makakaasam (ng natataningang panahon) na ito ay mauna, o maantala kaya.

6· At sila ay nagsasabi: "Ikaw (O Muhammad) na pinagpahayagan ng Dhikr (ang Qur'an)!, katotohanang ikaw ay isang taong baliw (o inaalihan ng masama). 7· Bakit hindi ka magpadala ng mga anghel sa amin kung ikaw ay isa sa mga nagsasabi ng katotohanan. 8· Hindi Namin isinusugo ang mga anghel maliban na sila ay may dalang katotohanan (alalaong baga, tungkol sa kaparusahan, atbp.), at sa gayong pangyayari (kalagayan), sila (ang mga hindi sumasampalataya), ay hindi bibigyan ng palugit!

9· Katotohanang Kami; (at) Kami, ang nagpapanaog ng Dhikr (alalaong baga, ang Qur'an) at buong katiyakan na ito ay Aming pangangalagaan laban sa kabulukan (at katiwalian).

10· Katotohanang nagsugo Kami ng mga Tagapagbalita na una pa sa iyo (O Muhammad) sa lipon ng mga sekta (mga pamayanan) noong panahong sinauna. 11· At walang isa mang Tagapagbalita na dumatal sa kanila ang hindi nila tinuya. 12· Kaya't hinayaan Namin ito (ang pagsamba sa mga diyus-diyosan at kawalan ng pananalig) ay magsipasok sa puso ng Mujrimun (mga buhong, buktot, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, atbp., dahilan sa kanilang panunuya sa

mga Tagapagbalita). 13. Sila ay hindi sasampalataya rito (ang Qur'an), at nangyari, na ang halimbawa (ng kaparusahan ni Allah) sa mga unang tao (na hindi nanampalataya) ay sumapit (sa kanila). 14. At kahit na buksan Namin ang Tarangkahan mula sa langit at doon sila ay magpatuloy na umakyat, 15. Katiyakang sila ay magsasabi: "Ang aming mga mata ay nilasing. Hindi, kami ay mga tao na ginaway (ng mangkukulam)."

16. At katotohanang ibinitin Namin sa kalangitan ang malalaking bituin, at ginawa Namin ito na marikit sa mata ng mga nagmamasid. 17. At katotohanang binabantayan Namin ang mga yaon sa bawat isinumpang Satanas. 18. Maliban sa kanya (na masama o demonyo) na nakakarinig nang mainam sa pamamagitan ng pagnanakaw, siya ay tinutugis ng maliwanag na apoy na nagniningas.

19. At Aming inilatag ang kalupaan at Kami ay naglagay dito ng matatatag na kabundukan, at hinayaan Namin na magsitubo rito ang lahat ng uri ng mga bagay sa ganap na sukat. 20. At naglagay Kami rito ng lahat ng panggagalingan ng ikabubuhay, - sa inyo at para sa lahat ng mga hindi ninyo tinatangkilik (mga ibang nilikha tulad ng mga hayop, insekto, atbp.).

21. At walang anumang bagay (sa santinakpan) ang hindi mula sa Amin ang kanilang ikinabubuhay. At hindi Namin ipinanaog ito maliban sa ganap na sukat. 22. At ipinadala Namin ang hangin na nagtatanim (ng tubig sa mga ulap) upang ang ulan ay mamalisbis mula sa alapaap tungo sa kalupaan, at ibinigay Namin ito sa inyo bilang inumin, at hindi kayo ang nagmamay-ari ng kanilang pinagkukunan (alalaong baga, wala tayong karapatan na magbigay ng

tubig sa sinumang ating naisin o ipagkait ito sa sinumang ating naisin).

23. At katotohanang Kami! Kami ang tagapagbigay ng buhay at nagkakaloob ng kamatayan, at Kami ang Tagapagmana (matapos ang lahat ay pumanaw). 24. At katotohanang batid Namin ang inyong mga unang henerasyon na nagsipanaw, at walang pagsala na nababatid Namin ang inyong kasalukuyang henerasyon (ng sangkatauhan), gayundin ang darating na mga henerasyon. 25. At katotohanang ang inyong Panginoon ang magtitipon sa inyo nang sama-sama. Katotohanang Siya ang Ganap na Maalam, ang Lubos na Nakakabatid ng lahat.

26. At katotohanang nilikha Namin ang sangkatauhan mula sa putik (na lumilikha ng tunog kapag natuyo na), mula sa hinubog na maitim at madulas na lupa. 27. At ang Jinn, Na Aming nilikha noon pang una mula sa lagablab ng apoy na walang usok.

28. At alalahanin nang ang iyong Panginoon ay nangusap sa mga anghel: "Ako ay lilikha ng isang tao (Adan) mula sa putik (na lumilikha ng tunog kapag natuyo na), mula sa hinubog na maitim at madulas na lupa. 29. Kaya't nang siya ay Aking matapos nang ganap, at nang Aking maihinga sa kanya (Adan) ang kaluluwa na Aking nilikha para sa kanya, ngayon, kayo (mga anghel) ay lumuhod at magpatirapa sa kanya (bilang paggalang at hindi pagsamba)." 30. Kaya't ang mga anghel ay nagpatirapa (nagbigay galang) sa kanya, silang lahat nang sama-sama. 31. Maliban kay Iblis (isa sa lipon ng mga Jinn), - siya ay tumanggi na magpatirapa. 32. Si Allah ay nagwika: "O Iblis! Ano ang iyong dahilan upang ikaw ay hindi sumama sa mga nagpatirapa?" 33. Si

Iblis ay nagsabi: “Hindi ako ang isa na magpapatirapa sa harapan ng isang tao, na Inyong nilikha mula sa putik (na lumilikha ng tunog kapag natuyo na), mula sa hinubog na maitim at madulas na lupa.”

34· Si (Allah) ay nagsabi: “Kung gayon, ikaw ay lumayas dito, sapagkat katotohanang ikaw ay Rajim (isang isinumpa o itinaboy).” 35· At katotohanang ang sumpa ay sasaiyo hanggang sa Araw ng Pagbabayad (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay).” 36· Si (Iblis) ay nagsabi: “O aking Panginoon! Ako ay bigyan Ninyo, kung gayon, ng palugit hanggang sa Araw na sila (ang mga patay) ay ibabangon.” 37· Si Allah ay nagwika: “Kung gayon, katotohanang ikaw ay isa sa mga pinalugitan, 38· Hanggang sa Araw ng natatakdaang panahon.”

39· Si (Iblis) ay nagsabi: “O aking Panginoon, dahilan sa ako ay Inyong iniligaw, katotohanang aking gagawing marikit ang landas ng kamalian para (sa sangkatauhan) sa kalupaan, at sila ay aking ililigaw na lahat. 40· Maliban sa Inyong pinili (pinatnubayang) mga alipin sa kanilang lipon.”

41· Si (Allah) ay nagwika: “Ito ang Landas na patungo ng tuwid sa Akin.” 42· Katotohanan, ikaw ay walang kapamahalaan sa Aking mga alipin, maliban sa mga sumusunod sa iyo (Iblis) na mula sa Ghawin (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, buhong, buktot, kriminal, mapaggawa ng kamalian, atbp.). 43· At katotohanang Impiyerno ang nakalaang lugar para sa kanilang lahat. 44· Ito (ang Impiyerno) ay may pitong tarangkahan, at sa bawa’t isa sa mga tarangkahang ito ay may (natatanging) uri ng masasama na nakatalaga.

45· Katotohanan, ang Muttaqun (mga matutuwid at

mabubuting tao) ay mapapagitna sa mga Halamanan at mga bukal ng tubig (Paraiso). 46. (At sa kanila ay ipagbabadya): "Magsipasok kayo sa loob (ng Paraiso), sa kapayapaan at katiwasayan." 47. At papalisin Namin sa kanilang puso ang anumang bahid ng kapinsalaan (na mayroon sila). Sila ay mahahalintulad sa mga magkakapatid (na buong lugod) na nagtitinginan sa isa't isa sa matataas na diban. 48. Walang bahid ng pagkapagal ang sasapit sa kanila, at gayundin naman, kailanman, sila ay hindi pagsasabihan na lumisan doon." 49. Ipagbadya mo (O Muhammad) sa Aking mga alipin, katotohanang Ako ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 50. At ang Aking pagpaparusa ay katotohanang pinakamatinding parusa.

51. At isalaysay mo sa kanila ang tungkol sa mga panauhin (mga anghel) ni Abraham. 52. Nang sila ay magsituloy sa kanya, at nagsabi: "Salaman" (Sumainyo ang kapayapaan)! Si (Abraham) ay nagsabi: "Tunay na kami ay natatakot sa inyo!" 53. Ang (mga anghel) ay nagsabi: "Huwag kang matakot! Kami ay nagbibigay sa iyo ng magandang balita ng isang batang lalaki (anak) na nagtataglay ng maraming kaalaman at karunungan." 54. Si (Abraham) ay nagsabi: "Ako ba ay binibigyan ninyo ng magandang balita ng isang anak na lalaki kung ang katandaan ay sumapit na sa akin? Sa anong dahilan kung gayon ang inyong balita?" 55. Ang (mga anghel) ay nangusap: "Kami ay nagbibigay sa iyo ng magandang balita ng may katotohanan. Kaya't huwag (kang) maging isa sa mga nawawalan ng pag-asa." 56. Si (Abraham) ay nagsabi: "At sino ang nawawalan ng pag-asa sa Habag ng kanyang Panginoon maliban lamang sa mga napapaligaw (sa tuwid na landas)?"

57. Muli si (Abraham) ay nangusap: "Ano baga kung gayon ang inyong sadya kung bakit kayo ay naparito, O mga Tagapagbalita?" 58. Ang (mga anghel) ay nagsabi: "Kami ay ipinadala sa isang pamayanan (mga tao) na Mujrimun (mga buhong, buktot, walang pananalig, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, makasalanan, atbp.). 59. (Silang lahat) maliban sa pamilya ni Lut. Kaya't sila (ang lahat ng pamilya ni Lut), ay tiyak Naming ililigtas (sa pagkawasak). 60. Maliban sa kanyang asawa, na Aming ipinag-utos (itinakda) na mapabilang doon sa mga mananatili sa likuran (alalaong baga, siya ay wawasakin)."

61. Kaya't nang ang mga Tagapagbalita (mga anghel) ay dumatal sa pamilya ni Lut. 62. Siya ay nagsabi: "Katotohanan! Kayo ay mga tao na hindi ko kilala." 63. Sila ay nagsabi: "Hindi, kami ay naparito sa iyo na may dalang (kaparusahan) na kanilang pinag-aalinlanganan. 64. At dinala namin sa iyo ang katotohanan (ang balita nang pagkawasak ng iyong pamayanan), at katiyakan, na kami ay nagsasaysay ng katotohanan. 65. Kaya't maglakbay ka na kasama ang iyong pamilya sa ilang bahagi ng gabi, at ikaw ay lumagay sa kanilang likuran, at huwag hayaan ang sinuman sa inyo ay tuminging pabalik (sa likuran), subalit tumungo kayo kung saan kayo ay pinag-utusan." 66. At ginawa Namin na kanyang (Lut) maalaman ang pag-uutos na ito, na ang ugat ng mga (makasalanan) ay puputulin sa madaling araw.

67. At ang mga naninirahan sa lungsod ay nagsilabas na nangagagalak (sa balita ng pagdating ng mga binata). 68. Siya (Lut) ay nagsabi: "Katotohanang sila ay aking mga panauhin, kaya't ako ay huwag ninyong bigyan ng kahihiyan. 69. At pangambahan ninyo si Allah, at ako ay huwag ninyong

alisan ng karangalan (kapurihan).” 70. Sila (ang mga tao ng lungsod) ay nagsabi: “Hindi baga pinagbawalan ka na namin (na ikaw ay mag-asikaso o mangalaga) sa alin man sa A’alamin (mga tao, mga banyaga, mga naiiba, atbp., mula sa amin)?” 71. Siya (Lut) ay nagsabi: “Sila (ang kababaihan ng pamayanan) ay aking mga anak na babae (na maaari ninyong pakasalan), kung inyong nais.”

72. Katotohanan, sa pamamagitan ng iyong buhay (O Muhamamd), sila ay nasa malalang pagkalasing, sila ay mga bulag na nagsisipangalat. 73. Kaya’t ang (nakatakdang) Sigaw ay dumaklot sa kanila sa oras na sumisikat na ang araw; 74. At Aming itinaob (ang mga bayan ng Sodom sa Palestina) na pabaligtad at pinaulan Namin sa kanila ang mga bato na yari sa hinurnong putik. 75. Katotohanan! Naririto ang mga Tanda sa mga tao na nagmamasid (o nakakaunawa o nakakakuha ng aral sa mga Tanda ni Allah). 76. At katotohanan! (Ang mga lungsod na ito) ay nasa tabi lamang ng pangunahing daan (mula sa Makkah hanggang Syria, alalaong baga, ang lugar kung saan naroroon ang Patay na Dagat [Dead Sea]). 77. Katotohanan! Tunay na naririto ang isang Tanda sa mga sumasampalataya.

78. At ang mga naninirahan sa Kakahuyan (alalaong baga, ang pamayanan ng Midian kung saan si Propeta Shuaib ay isinugo ni Allah), ay isa ring Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, buktot, tampalasan, mapaggawa ng kamalian, atbp.). 79. Kaya’t Kami ay naghiganti sa kanila. Sila ay kapwa nasa maluwag at pangunahing daan na madaling makita. 80. At katotohanan, ang mga naninirahan sa Al-Hijr (ang mabatong landas) ay nagtakwil sa mga Tagapagbalita, 81. At ibinigay Namin sa kanila ang Aming mga Tanda,

datapuwa't sila ay tutol (salungat) dito. 82. At sila, noon pa man, ay tumatabtab (sumisibak, o umuukit) ng (kanilang) tahanan sa gilid ng kabundukan (at nag-aakala sa kanilang sarili) na sila ay ligtas. 83. Datapuwa't (ang nakatakdang) Sigaw ay sumakmal sa kanila sa madaling araw (sa ika-apat na araw ng kanilang nakatakdang kaparusahan). 84. At ang lahat ng kanilang kinita ay hindi nakatulong sa kanila.

85. At hindi Namin nilikha ang mga kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito maliban sa katotohanan, at ang Oras ay walang pagsalang daratal, kaya't suklian mo (O Muhammad) ang kanilang kamalian ng maraming pagpapatawad. [Ito ay bago pa ipag-utos ang Jihad (Banal na Digmaan)]. 86. Katotohanan, ang iyong Panginoon ay Siyang Manlilikha, na Lubos na Nakakaalam.

87. At tunay nga, na Aming ipinagkaloob sa iyo ang pitong Al-Mathani (ang pitong talata na laging inuulit [dinadalit], alalaong baga, ang Surat Al-Fatiha [Pambungad na Kabanata] ng Dakilang Qur'an). 88. Huwag mong pagmasdan ng may paghahangad ang mga bagay na Aming ipinagkaloob sa ilang piling tao sa kanila (ang mga hindi sumasampalataya), gayundin ay huwag kang manimdin sa kanila. At ibaba ang iyong pakpak sa mga sumasampalataya (maging magalang at mapagbigay sa iyong kapwa mananampalataya). 89. At ipagbadya: "Ako ay tunay na isang lantad na tagapagbabala." 90. Sapagkat Aming ipinanaog sa mga magkakabukod (mga paganong Quraish, o mga Hudyo at mga Kristiyano). 91. Na gumawa sa Qur'an sa maraming bahagi (alalaong baga, naniniwala sa ilang bahagi nito at hindi naniniwala sa iba). 92. Kaya't sa pamamagitan ng iyong Panginoon (O Muhammad), katiyakang silang lahat

ay Aming tatawagin upang magsulit, 93. Sa lahat nilang ginagawa.

94. Kaya't (iyong) ipagbadya nang hayagan (ang Mensahe ni Allah, ang Islam), na sa iyo ay ipinag-utos at tumalikod ka sa Al-Mushrikun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano, naniniwala sa mga imahen, walang pananampalataya sa Kaisahan ni Allah, makasalanan, atbp.). 95. Katotohanan! Kami ay gagabay sa iyo laban sa mga mapangutya. 96. Na nagtuturing ng ibang diyos maliban pa kay Allah, (tunay nga) na mapag-aalaman nila. 97. Katotohanang batid Namin na naninikip ang iyong dibdib dahilan sa kanilang sinasabi. 98. Kaya't iyong ipagbunyi ang mga papuri ng iyong Panginoon at maging isa sa mga nagpapatirapa ng kanilang sarili (sa Kanya), 99. At sambahin mo ang iyong Panginoon hanggang sa sumapit sa iyo ang natatakdaang Oras (alalaong baga, ang kamatayan).

Surah 16 • An-Nahl

Ang Bubuyog

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ang Dakilang Pangyayari (ang Araw o Oras, o ang kaparusahan ng mga hindi nananampalataya at mapagsamba sa mga diyus-diyosan, o mga Batas Islamiko at mga pag-uutos) na itinakda ni Allah ay magaganap, kaya't huwag ninyong hangarin na madaliin ito. Tunay na Kapuri-puri at higit Siyang Dakila sa lahat ng mga karibal na itinatambal

ninyo sa Kanya. 2· Isinusugo Niya ang mga anghel na may taglay na inspirasyon sa Kanyang pag-uutos sa kaninuman sa Kanyang mga alipin na Kanyang maibigan (na nagsasabi): "Bigyan ng babala ang sangkatauhan ng La ilaha illa Ana (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Akin), kaya't pangambahan Ako (sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga kasalanan at masasamang gawa). 3· Nilikha Niya sa katotohanan ang lahat ng mga kalangitan at kalupaan. Siya ay Higit na Mataas at Dakila sa lahat ng iniaakibat na mga katambal sa Kanya.

4· Nilikha Niya ang tao mula sa Nutfah (magkahalong semilya ng lalaki at babae), nguni't pagmasdan, ang tao (ring ito) ay naging isang lantad na kaaway. 5· At ang mga bakahan (hayupan), Kanyang nilikha ito para sa inyo; sa kanila ay may init (ang kanilang balat na ginagawang damit) at maraming kapakinabangan, at sila ay inyong pagkain. 6· At kayo ay mayroong pagpapahalaga sa ganda at pagmamalaki sa kanila, kung sila ay inyo nang ihapon sa gabi at kung sila ay inyong ihayo sa pastulan sa umaga. 7· At dinadala nila ang inyong mga dalahin sa lupaing hindi ninyo mararating ng walang malaking paghihirap sa inyong sarili. Katotohanan, ang inyong Panginoon ay Puspos ng Kabaitan, ang Pinakamaawain. 8· At (Kanyang nilikha) ang mga kabayo, mga mola at asno, upang sila ay inyong masakyan at bilang isang palamuti. At nilikha Niya (ang iba) pang mga bagay na rito ay wala kayong kaalaman.

9· At isang pananagutan kay Allah na ipaliwanag sa inyo ang Tuwid na Landas (alalaong baga, ang Kaisahan ni Allah at Islam [sa sangkatauhan, upang maipamalas sa kanila ang mga pinahihintulutan at hindi pinahihintulutang

bagay, ang masama at mabuti, atbp., kaya't kung sinuman ang tumanggap sa patnubay, ito ay sa kapakinabangan ng kanyang sarili, at kung sinuman ang tumahak nang paligaw, ito ay tungo sa kanyang pagkapariwara]), datapuwa't may mga landas na lumiliko (tulad ng paganismo, Hudaismo, Kristiyanismo, atbp.). At kung Kanya lamang ninais, magagawa Niyang mapatnubayan kayong lahat (na sangkatauhan).

10. Siya ang nagpamalisbis ng tubig (ulan) mula sa alapaap; mula rito kayo ay umiinom at mula rin dito (ay tumutubo) ang mga pananim at dito ay inyong isinusuga ang inyong bakahan (hayupan) upang manginain. 11. Sa pamamagitan nito (tubig) ay pinahihintulutan Niyang tumubo (at lumaki) ang mga pananim, ang oliba, ang palmera, ang ubas, at lahat ng uri ng prutas. Katotohanan! Sa mga ito ay katiyakang maliwanag na Tanda sa mga tao na may pag-iisip.

12. At ipinaranas Niya sa inyo ang gabi at liwanag (maghapon), ang araw at buwan, at ang mga bituin ay nasa ilalim ng Kanyang Pag-uutos. Katiyakang nasa sa mga ito ang mga katibayan sa mga tao na nakakaunawa. 13. At ang anupamang bagay na Kanyang nilikha para sa inyo sa lupaing ito na may iba't ibang kulay (at katangian ng pananim at mga bungangkahoy, atbp., [mga panghalaman], at mga hayop [mga panghayupan]), katotohanan, naririto ang isang Tanda sa mga tao na nakakaala-ala.

14. At Kanyang ipinailalim (sa pamamalakad) ang karagatan (sa inyo) upang magsikain kayo rito ng sariwa at malambot na laman (alalaong baga, ng isda, pagkaing-dagat, atbp.), at mula rin dito ay makakakuha kayo ng mga palamuti na maisusuot. At napagmamasdan ninyo

ang barko na sumusuyod dito upang kayo ay magsihanap ng Kanyang biyaya (sa pamamagitan ng pagdadala ng mga paninda mula sa isang lugar patungo sa ibang lugar), at upang kayo ay magkaroon ng pasasalamat.

15. At inilapat Niya sa kalupaan ang mga kabundukan na matatag na nakatayo, (kung hindi) maaari itong mauga na kasama ninyo, at ang mga ilog at daan, upang inyong mapatnubayan ang inyong sarili. 16. At mga tanda sa lupa (mga palatandaan, atbp. sa mga oras ng maghapon) at sa pamamagitan ng mga bituin (sa mga oras ng gabi), sila (ang sangkatauhan) ay makakagabay sa kanilang sarili.

17. Siya kaya na Lumilikha ay katulad ng isa na walang nilikha? Hindi baga kayo makakaala-ala? 18. At kung inyong bibilangin ang mga pagpapala ni Allah, katiyakan, kailanman ay hindi ninyo ito makakayang bilangin. Katotohanan! Si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 19. At si Allah ang nakakatalos ng lahat ng inyong inililingid at kung ano ang inyong inilalantad.

20. Yaong (mga diyus-diyosan) na kanilang (Mushrikun, mga pagano, mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, mapaggawa ng kamalian, atbp.) pinananalanginan maliban pa kay Allah ay walang nilikha ni anuman, bagkus sila ang mga nilikha. 21. (Sila) ay patay, walang buhay, at hindi nila batid kung kailan sila ibabangon. 22. Ang inyong Ilah (Diyos) ay isang Ilah (Diyos, si Allah; wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya). Datapuwa't ang mga hindi sumasampalataya sa Kabilang Buhay, ang kanilang puso ay nagtatakwil (sa pananalig sa Kaisahan ni Allah), at sila ay mga palalo. 23. Katotohanan, nababatid

ni Allah kung ano ang kanilang inililingid at kung ano ang kanilang ipinahahayag. Katotohanang hindi Niya naiibigan ang palalo.

24. At kung ito ay ipinagtuturing sa kanila: "Ano baga yaong ipinarating sa inyo ng inyong Panginoon (kay Muhammad)? Sila ay nagsasabi: "Mga kathang kuwento lamang ng panahong sinauna!" 25. Sila ang magdadala nang ganap sa kanilang mga pasanin (dalahin) sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at gayundin, ng mga pasanin (dalahin) ng mga iba na kanilang iniligaw gayong sila ay salat sa karunungan. Katiyakang kasamaan ang kanilang tatamasahin!

26. Sila na nauna sa kanila ay katotohanang nagsipagbalak, datapuwa't si Allah ang gumiba ng balangkas at mga haligi ng kanilang gusali, at ang bubong ay gumuho sa kanila mula sa itaas nila, at ang kaparusahan ay sumaklot sa kanila mula sa mga sulok na hindi nila napag-aakala. 27. At sa Araw ng Muling Pagkabuhay, Kanyang aalisan sila ng puri at sa kanila ay ipagbabadya: "Nasaan ang (mga tinatawag) ninyong katambal sa Akin na siyang dahilan ng inyong hindi pagkakasundo at pakikipagtalo (sa mga sumasampalataya, sa pamamagitan ng inyong pagsuway at hindi pagtalima kay Allah)? Sila na pinagkalooban ng kaalaman (tungkol sa kaparusahan ni Allah para sa mga hindi sumasampalataya) ay magsasabi: "Katotohanan! Kahihiyan ang Araw na ito at kapighatian sa mga walang pananalig."

28. Yaong mga tao na binawian ng buhay ng mga anghel habang sila ay abala sa kamalian sa kanilang sarili (sa pamamagitan ng kawalan ng pananalig at pag-aakibat ng mga katambal sa pagsamba kay Allah at sa pagsasagawa ng lahat ng uri ng mga kasalanan at katampalasanan), sa

gayon, sila ay ganap na magpapailalim (sa kautusan, at mangungusap): "Noon pa man, kami ay hindi na gumagawa ng kasamaan." (Ang mga anghel) ay magsasabi: "Oo! Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakakabatid ng lahat ninyong ginagawa. 29. Kaya't magsipasok kayo sa mga tarangkahan ng Impiyerno, upang manahan dito, at katotohanan, pagkasama-sama ng gayong tahanan sa mga palalo."

30. At (kung) ito ay ipagbabadya sa Muttaqun (mga matutuwid at mababuting tao na labis na nangangamba kay Allah sa pamamagitan nang pag-iwas sa lahat ng uri ng kasalanan at higit na nagmamahal sa Kanya sa pamamagitan nang paggawa ng kabutihan na Kanyang ipinag-uutos): "Ano ba ang bagay na ipinadala ng inyong Panginoon? Sila ay magsasabi: "Kung ano ang bagay na mabuti." Sa mga nagsigawa ng kabutihan sa mundong ito ay may mabuti, at ang tahanan ng Kabilang Buhay ay higit na mainam. At tunay na karangal-rangal ang magiging tahanan (alalaong baga, ang Paraiso) ng Muttaqun (mga matutuwid at mababuting tao), 31. Halamanan ng Walang Hanggan (Paraiso) ang kanilang tutuluyan, na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy, naroroong lahat ang kanilang bawat naisin. Kaya't sa ganito si Allah ay nagbibigay ng gantimpala sa Muttaqun (mga banal, matutuwid at mababuting tao na labis na nangangamba at nagmamahal kay Allah). 32. Yaong mga tao na binawian ng buhay ng mga anghel habang sila ay nasa banal na kalagayan (alalaong baga, malinis sa kasalanan at sumasamba lamang kay Allah), sa kanila ay ipagbabadya: "Salamun alaikum (Sumainyo

ang kapayapaan). Magsipasok kayo sa Paraiso, dahilan sa kabutihan na inyong ginawa (sa mundong ito).”

33· Sila ba (ang mga hindi sumasampalataya at mapagsamba sa mga diyus-diyosan) ay naghihintay hanggang ang mga anghel ay dumating sa kanila (upang kunin ang kanilang kaluluwa sa kanilang pagkamatay), o di kaya ay marapat na dumatal ang pag-uutos (alalaong baga, ang parusa sa Araw ng Muling Pagkabuhay) ng inyong Panginoon? Gayundin ang ginawa noong nauna sa kanila. At si Allah ay hindi nagpalungi sa kanila, datapuwa’t ipinalungi nila ang kanilang sarili. 34· Kaya’t ang masamang bunga ng kanilang mga gawa ay sumakmal sa kanila, at yaong dati nilang nililibak ay pumaligid sa kanila.

35· At sila na nagtatambal ng iba pa sa pagsamba kay Allah ay nagsasabi: “Kung ninais lamang ni Allah, kami, gayundin ang aming mga ninuno ay wala sanang sasambahin pang iba maliban sa Kanya, at hindi rin naman namin ipagbabawal ang anuman kung wala (ang Pag-uutos mula) sa Kanya.” At gayundin ang ginawa noong mga nauna sa kanila. Kung gayon, ang mga Tagapagbalita ba ay binigyan pa ng ibang pananagutan maliban na maiparating nila nang malinaw ang Mensahe?”

36· At katotohanang Kami ay nagsugo sa bawat Ummah (bansa o pamayanan) ng isang Tagapagbalita (na nagpapahayag): “Sambahin lamang si Allah at iwasan (o layuan) ang lahat ng Taghut (lahat ng mga diyus-diyosan at iba pang mali na sinasamba, atbp., alalaong baga, huwag nang sumamba pa sa iba maliban kay Allah).” At ang ilan sa kanila ay ginabayan ni Allah, at ang ilan sa kanila ay iniligaw ng may kadahilanan (o katarungan). Kaya’t magsipaglakbay

kayo sa kalupaan at malasin kung ano ang kinahinatnan ng mga nagtatakwil (sa Katotohanan). 37. Kung ikaw (O Muhammad) ay naghahangad sa kanilang patnubay, kung gayon, katotohanang si Allah ay hindi namamatnubay sa sinumang nais Niyang mapaligaw (o walang sinuman ang makakapamatnubay sa kanya na binayaan ni Allah na maligaw). At sila ay walang magiging kawaksi.

38. At sila ay nanunumpa kay Allah sa pamamagitan ng kanilang matitinding sumpa, na si Allah ay hindi makakapagpabangon sa kanya na namatay na. Tunay nga, (Kanyang ibabangon sila), - isang pangako sa katotohanan (na marapat) Niyang tuparin, datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay hindi nakakaalam. 39. Upang Kanyang magawang maliwanag sa kanila ang katotohanan na kanilang pinagkakahidwaan, at upang sila na hindi nananampalataya (sa Muling Pagkabuhay at sa Kaisahan ni Allah) ay makakaalam na sila ay mga sinungaling. 40. Katotohanan! Ang Aming Salita, kung Kami ay magnais ng isang bagay, (ito) lamang ang Aming wiwikain: "Mangyari nga!" At ito ay magaganap.

41. At sa mga lumilikas ng tirahan tungo sa Kapakanan ni Allah, matapos na sila ay magdanas ng pang-aapi, katotohanang Aming gagawaran sila ng magandang pananahanan sa mundong ito, datapuwa't katiyakan, ang gantimpala ng Kabilang Buhay ay higit na mainam kung kanila lamang nalalaman! 42. (Sila ang) nananatiling matiisin (sa mundong ito dahil sa Kapakanan ni Allah), at nag-aalay ng kanilang pagtitiwala sa kanilang Panginoon (kay Allah lamang).

43. At hindi Kami nagsugo (bilang Aming mga

Tagapagbalita) nang una pa sa iyo (O Muhammad) ng iba pa maliban na mga tao, na Aming binigyang inspirasyon, (upang mangaral at mag-anyaya sa sangkatauhan na manampalataya sa Kaisahan ni Allah). Kaya't tanungin sila na nakakaalam ng Kasulatan (mga pantas ng Torah [mga Batas] at Ebanghelyo), kung hindi ninyo nalalaman, 44· Ng mga maliliwanag na Tanda at Aklat (na Aming ipinadala sa mga Tagapagbalita). At ipinanaog din Namin sa iyo (O Muhammad) ang Paala-ala at Patnubay (ang Qur'an), upang iyong maipaliwanag nang mahusay sa mga tao kung ano ang ipinahayag sa kanila, upang sila ay magbigay ng pagmumuni-muni.

45· Sila baga na nagsasagawa ng masamang balakin ay nakadarama ng pagiging ligtas kung si Allah ay magbabaon sa kanila (sa ilalim) ng lupa, o kung ang kaparusahan ay sumaklot sa kanila mula sa mga sulok na hindi nila napag-aakala? 46· O kaya'y Kanyang hulihin sila sa gitna ng kanilang pagpaparoo't parito (sa kanilang mga gawain), upang hindi sila magkaroon ng matatakasan (sa kaparusahan ni Allah)? 47· O kaya'y Kanyang hulihin sila ng unti-unti (sa pamamagitan) ng pag-aaksaya (ng kanilang kayamanan at kalusugan). Katotohanan! Ang inyong Panginoon ay katiyakang Puspos ng Kabaitan, ang Pinakamaawain?

48· Hindi baga nila napagmamasdan ang mga bagay na nilikha ni Allah, (kung paano) ang kanilang anino ay humihilig sa kanan at sa kaliwa, na nagsasagawa ng pagpapatirapa kay Allah, at sila ay mga hamak? 49· At kay Allah ay nagpapatirapa ang lahat ng anumang nasa kalangitan at kalupaan, ang lahat ng mga buhay at gumagalaw na nilikha, at ang mga anghel, at sila ay hindi mga palalo (alalaong baga,

sinasamba nila ang kanilang Panginoon [Allah] ng may kapakumbabaan). 50. Pinangangambahan nila ang kanilang Panginoon na nasa itaas, at sila ay tumatalima sa anumang sa kanila ay ipag-utos.

51. At si Allah ay nagwika (O sangkatauhan!): "Huwag kayong sumamba sa Ilahain (sa dalawang diyos, sa inyong pagsamba, atbp.). Katotohanan, Siya (Allah) ang tangi lamang Ilah (Diyos). Kaya't inyong pangambahan Ako nang labis [at Ako (lamang), alalaong baga, umiwas sa lahat ng uri ng kasalanan na ipinagbawal ni Allah at gumawa ng lahat na Kanyang ipinag-utos at sumamba lamang kay Allah]. 52. Sa Kanya ang pag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at (lahat ng nasa) kalupaan at sa Kanya ang Ad Din Wasiba (alalaong baga, ang patuloy na katapatan at pagsunod sa Kanya ay kinakailangan. Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya [Allah]). Pangangambahan ba ninyo ang iba pa maliban kay Allah?

53. At kung anuman ang mga biyaya at magagandang bagay na nasa inyo, ito ay mula kay Allah. Subalit, kung ang kasamaan (kapinsalaan) ay dumatal sa inyo, kayo ay sa Kanya naninikluhod ng tulong. 54. Datapuwa't kung Kanyang pawiin ang kapinsalaan sa inyo, pagmasdan!, ang iba sa inyo ay nagtatambal ng iba pa sa pagsamba sa kanilang Panginoon (Allah). 55. Kaya't (ang magiging bunga nito), sila ay nagtatakwil (ng walang pasasalamat) sa mga (Biyaya ni Allah) na Aming ipinagkaloob sa kanila! Kaya't magsipagsaya kayo sa inyong sarili (sa maigsi ninyong pananatili), datapuwa't inyong mapag-aalaman ito (ng may pagsisisi). 56. At sila ay nagkakatiwala ng isang bahagi ng mga ipinagkaloob Namin sa kanila tungo sa bagay na hindi

nila batid (mga huwad na diyos). Sa pamamagitan ni Allah, katotohanang kayo ay tatanungin sa lahat ng inyong mga kabulaanan.

57. At sila ay nagtataguri ng mga anak na babae kay Allah! Siya ay Maluwalhati (at Higit na Mataas) sa lahat ng mga itinatambal sa Kanya! At mapapasakanilang sarili kung ano ang kanilang ninanasa. 58. At kung ang balita (nang pagsilang) ng isang (batang) babae ay ipinarating sa sinuman sa kanila, ang kanyang mukha ay nagiging madilim, at ang kanyang kalooban ay napupuspos ng panimdim! 59. Ikinukubli niya ang kanyang sarili sa mga tao dahilan sa kasamaan ng ibinalita sa kanya. Kanya bang pananatilihin siya (ang batang babae) na hindi nagbigay dangal (itinuturing na kahihiyan) sa kanya, o siya ba ay ililibing niya sa lupa? Katotohanang kasamaan ang kanilang pasya. 60. At sa mga hindi sumasampalataya sa Kabilang Buhay, ito ay isang masamang paglalarawan, at para kay Allah ang pinakamataas na paglalarawan. At Siya ang Pinakamakapangyarihan, ang Puspos ng Kaalaman.

61. At kung si Allah ay sasakmal sa sangkatauhan dahilan sa kanilang kamalian, Siya ay hindi mag-iiwan (sa kalupaan) ng isa mang gumagalaw (may buhay) na nilalang, datapuwa't ipinagpapaliban Niya ito sa isang natataningang panahon, at kung ang kanilang takdang panahon ay sumapit na, hindi nila magagawang antalahin (ang kaparusahan) maging sa isang oras (o isang saglit), gayundin naman, ito ay hindi nila maaaring pangunahan.

62. Kanilang iniaakibat kay Allah ang bagay na hindi nila naiibigan (sa kanilang sarili), at ang kanilang dila ang nagpapatotoo sa kabulaanan na ang mga maiinam na bagay

ay mapapasakanila. Walang alinlangan na para sa kanila ang Apoy, at sila ang unang mamadaliin dito, at iiwanan dito na pinabayaan.

63. Sa pamamagitan ni Allah, katiyakang isinugo Namin (ang mga Tagapagbalita) sa mga bansa (pamayanan) nang una pa sa iyo (O Muhammad), datapuwa't ginawa ni Satanas na ang kanilang mga gawa ay nakakarahuyo. Kaya't siya (Satanas) ang kanilang Wali (kawaksi) sa ngayon (alalaong baga, sa mundong ito), at sasakanila ang kasakit-sakit na kaparusahan. 64. At hindi Namin ipinanaog ang Aklat (ang Qur'an) sa iyo (O Muhammad) maliban lamang na iyong maipaliwanag sa kanila nang malinaw yaong mga bagay na hindi nila pinagkakasunduan, at (bilang) isang patnubay at isang habag sa mga tao na sumasampalataya.

65. At si Allah ang nagpapamalisbis ng tubig (ulan) mula sa alapaap at Kanyang binigyang buhay ang kalupaan sa pamamagitan nito matapos na maging patay (tigang). Katotohanan, naririto ang isang Tanda (malinaw na katibayan) para sa mga tao na nakikinig (sumusunod kay Allah).

66. At katotohanan! Sa mga bakahan (hayupan) ay mayroong isang aral sa inyo. Aming biniyayaan kayo ng inumin kung ano ang nasa kanilang tiyan (puson), mula sa pagitan ng dumi at dugo, (ay may) dalisay na gatas, na malinamnam sa dila ng mga umiinom. 67. At mula sa mga bunga ng palmera (datiles) at ubas, kayo ay nakakakuha ng matapang na inumin (ito ay bago ang pag-uutos, na ipinagbabawal ang nakalalasing na inumin), at isang mabuting panustos (na ikabubuhay). Katotohanan,

naririto ang isang tiyak na Tanda para sa mga tao na may karunungan.

68. At ang iyong Panginoon ay nagbigay ng inspirasyon sa Bubuyog, na nagsasabi: "Gawin mong tahanan ang kabundukan, at mga punongkahoy at anumang kanilang itinayo. 69. At matapos, ay iyong kainin ang lahat ng mga bungangkahoy (prutas), at sundin ang mga pamamaraan ng iyong Panginoon na ginawa Niyang magaan (para sa iyo)." Sa kalaunan, ay may lalabas sa kanilang tiyan (puson), na isang inumin na may iba't ibang kulay (pulot pukyutan), na naroroon ang panglunas (sa karamdaman) ng mga tao. Katotohanan, naririto ang isang tiyak na Tanda sa mga tao na may pag-iisip.

70. At si Allah ang lumikha sa inyo, at pagkaraan, ay papapangyarihin Niya ang inyong kamatayan, at ang ilan sa inyo ay (Kanyang) ibinabalik sa pagkalimot (pagiging ulyanin), kaya't sila ay walang nalalaman, matapos na magkamit ng maraming karunungan. Tunay nga! Si Allah ay Lubos na Maalam, ang Tigib ng Kapangyarihan.

71. At si Allah ang nagtalaga sa ilan sa inyo na maging higit sa iba sa kayamanan at ari-arian. At sila na biniyayaan (ng higit) ay hindi sa anumang kaparaanan ay magpapamana ng kanilang kayamanan at mga ari-arian sa kanilang (mga alipin) na angkin ng kanilang kanang kamay, upang sila ay maging kapantay nila sa gayong kalagayan. (Ito ay isang halimbawa na itinambad ni Allah sa mga pagano na nag-aakibat ng katambal at mga huwad na diyos kay Allah, na sila ay hindi papayag na hatiin ang kanilang kayamanan at mga ari-arian sa kanilang mga alipin, kung gayon, bakit sila pumayag na ang huwad na mga diyus-diyosan ay

maging kahati ni Allah sa pagsamba sa Kanya?). Sila ba ay nagtatatwa sa kagandahang loob ni Allah?

72. At si Allah ay nagkaloob sa inyo ng mga asawang babae mula sa inyong uri, at (Kanyang) ginawaran kayo mula sa inyong mga asawang babae ng mga anak na lalaki at mga apong lalaki, at nagbigay sa inyo ng mabuting panustos (na ikabubuhay). Sila baga ay nananampalataya sa mga huwad na diyus-diyosan at nagtatatwa sa kagandahang loob ni Allah (sa pamamagitan ng hindi pagsamba kay Allah ng walang katambal)? 73. At sila ay sumasamba sa mga iba maliban pa kay Allah, - sa mga katulad nila na hindi makakapagtamo at makakapag-angkin ng anumang panustos na ikabubuhay para sa kanila mula sa mga kalangitan at kalupaan. 74. Kaya't huwag kayong magtambad ng mga paghahambing kay Allah (sapagkat walang anuman ang katulad Niya, gayundin naman, Siya ay walang nakakahawig). Katiyakan! Si Allah ang nakakabatid, at kayo ay hindi.

75. Si Allah ay nagtambad sa halimbawa (ng dalawang tao, isang sumasampalataya at isang hindi nananampalataya); ang isang alipin (na walang pananampalataya) na nasa pagmamay-ari ng iba, siya ay walang anumang kapangyarihan, at ang (isa naman), ang tao (na sumasampalataya), na sa kanya ay Aming ipinagkaloob ang isang mabuting panustos na ikabubuhay mula sa Amin, at kanyang ginugugol ito ng lingid at hayagan. Sila ba ay magkapantay? (Sa anumang kaparaanan, ay hindi). Ang lahat ng mga pagpupuri at pasasalamat ay kay Allah. Hindi! (Datapuwa't) ang karamihan sa kanila ay hindi nakakaalam.

76. At si Allah ay nagtambad (ng isa pang) halimbawa ng dalawang tao, ang isa (na walang pananampalataya) sa

kanila ay pipi, na walang kapangyarihan sa anumang bagay, at siya ay isang pabigat sa kanyang amo, kahit sa anumang paraan na siya ay turuan, siya ay walang nagagawang mabuti. Ang gayon kayang tao ay kapantay niyaong isa (na nananampalataya sa Kaisahan ni Allah at sa Islam), at nagpapatupad ng katarungan, at siya sa kanyang sarili ay nasa Matuwid na Landas?

77. At kay Allah ang pag-aangkin ng lahat ng nakalingid sa mga kalangitan at kalupaan. Ang Kapasiyahan ng Oras ay isa lamang kurap ng mata, o maaaring kagyat pa. Katotohanan! Si Allah ay may Kapangyarihan sa lahat ng bagay.

78. At si Allah ang nagpalabas sa inyo mula sa sinapupunan ng inyong ina habang kayo ay walang muwang. At Kanyang ginawaran kayo ng pandinig, paningin, at puso upang kayo ay magbigay pasalamat (kay Allah).

79. Hindi baga nila namamasdan ang mga ibon na nakapaibabaw (lumilipad) sa gitna ng alapaap? Wala ng iba pang naghahawak sa kanila maliban kay Allah (Walang nagbigay sa kanila ng kakayahan na makalipad maliban kay Allah). Katotohanan, naririto ang mga maliwanag na katibayan at tanda para sa mga tao na nananampalataya (sa Kaisahan ni Allah). 80. At si Allah ang gumawa ng inyong mga pinananahanan na mga tahanan na inyong pahingahan na maging tahimik para sa inyo, at gumawa para sa inyo mula sa mga balat ng bakahan (hayupan) ng (mga tolda o kulandong) bilang tirahan, na inyong nararanasan na napakagaan (at madaling bitbitin) kung kayo ay naglalakbay at kung kayo ay nagpapahingalay (sa inyong paglalakbay), at mula sa kanilang balahibo, balat, at buhok (balahibo

ng tupa, balat ng kamelyo, at buhok ng kambing), isang pampalamuti at mga bagay ng kaginhawahan (alalaong baga, ang mga alpombra, kumot, atbp.), isang pansamantalang kaginhawahan.

81. At si Allah ang gumawa para sa inyo ng mga lilim mula sa bagay na Kanyang nilikha, at gumawa para sa inyo ng mga pook na mapagkakanlungan sa mga kabundukan, at gumawa para sa inyo ng mga saplot upang pangalagaan kayo sa init (at lamig), at mga kagamitan na mula sa bakal upang mapangalagaan kayo sa inyong (magkapanabay) na karahasan. Kaya't sa ganito ay pinaging ganap Niya ang Kanyang biyaya sa inyo, upang kayo ay magsuko ng inyong sarili sa Kanyang Kalooban (sa Islam). 82. At matapos, kung sila ay tumalikod, ang iyong tungkulin (O Muhammad) ay upang maipaabot lamang (ang Mensahe) sa maliwanag na paraan. 83. Nakikilala nila ang pagpapala ni Allah, datapuwa't itinatatwa nila ito (sa pamamagitan nang pagsamba sa mga iba tangi pa kay Allah), at ang karamihan sa kanila ay hindi sumasampalataya (alalaong baga, nagtatakwil sa pagka-Propeta ni Muhammad).

84. At (alalahanin) ang Araw na Aming ititindig sa bawat bansa (pamayanan) ang isang saksi (ang kanilang Tagapagbalita), at sila na hindi sumampalataya ay hindi bibigyan ng pagkakataon (na magtanghal ng mga dahilan nang pag-iwas o palusot), gayundin, sila ay hindi pahihintulutan (na makabalik sa mundo, sa kalupaan), upang magsisi at humingi ng Kapatawaran ni Allah (dahilan sa kanilang mga kasalanan, atbp.). 85. At sila na nagsigawa ng kamalian (ang mga hindi sumasampalataya) ay makakamasid ng kaparusahan, at ito ay hindi pagagaanin

para sa kanila, gayundin, sila ay hindi bibigyan ng palugit (puwang na panahon).

86. At kung sila na nagtataguri ng mga katambal kay Allah ay makakamalas (sa mga tinatawag nila) na mga katambal (ni Allah), sila ay magsasabi: " Aming Panginoon! Sila ang mga katambal na aming iniaakibat sa pagluhog sa Inyo." Datapuwa't sila (mga itinatambal na diyus-diyosan) ay magpupukol ng kanilang salita sa kanila (at magsasabi): "Katiyakan! Kayo ay tunay na mga sinungaling!" 87. At sila ay magtatanghal (ng kanilang ganap) na pagsuko (lamang) kay Allah sa Araw na yaon, at ang mga huwad na diyus-diyosan na kanilang kinatha (ang lahat ng kanilang pinananalanginan maliban pa kay Allah, alalaong baga, ang mga imahen, mga banal na tao, mga pare, mga monako, mga angel, mga Jinn, si Anghel Gabriel, mga Tagapagbalita, atbp.) ay maglalaho sa kanila. 88. Sila na hindi sumasampalataya at humahadlang (sa mga tao) tungo sa Landas ni Allah, para sa kanila, Kami ay magdaragdag ng kaparusahan sa ibabaw ng (isang) kaparusahan; sapagkat sila ay nagsipagkalat ng katampalasan (sa pamamagitan ng kanilang pagsuway kay Allah, gayundin ang pag-uutos sa iba [sa sangkatauhan] na gumawa [rin] ng gayon).

89. At (alalahanin) ang Araw na Aming ititindig sa bawat bansa (pamayanan) ang isang saksi mula sa kanilang lipon nang laban sa kanila. At ikaw (O Muhammad) ay Aming itatanghal bilang isang saksi laban sa mga ito. At Aming ipinanaog sa iyo ang Aklat (ang Qur'an) bilang paghahantad ng lahat ng bagay, isang patnubay, isang Habag, at mabuting balita para sa kanila na nagsuko ng kanilang sarili (kay Allah bilang mga Muslim).

90. Katotohanan, si Allah ay nagtatagubilin ng Al-Adl (alalaong baga, katarungan at pagsamba lamang kay Allah at wala ng iba, sa Kanyang Kaisahan, at pagsunod sa Islam) at Al-Ihsan (alalaong baga, ang maging matiyaga sa pagsasagawa ng inyong tungkulin kay Allah nang ganap, para sa Kanyang Kapakanan at ayon sa Sunna [mga legal na paraan] ng Propeta sa mahinusay na paraan), at pagbibigay (ng tulong) sa mga kaanak at kamag-anak (alalaong baga, ang lahat ng mga ipinag-utos ni Allah na maibibigay sa kanila, katulad ng kayamanan, pagdalaw, pagmamalasakit, o anumang uri ng tulong, atbp.), at nagbabawal ng Al-Fasha (alalaong baga, lahat ng masasamang gawa, katulad ng bawal na seksuwal na pakikipagtalik, pagsuway sa magulang, pagsamba sa mga diyus-diyosan, pagsisinungaling, pagsaksi ng walang katotohanan, pagpatay ng buhay ng walang kapamahalaan, atbp.), at Al-Munkar (alalaong baga, lahat ng mga bawal sa batas ng Islam; lahat ng uri nang pagsamba sa mga diyus-diyosan, kawalan ng pananalig, at lahat ng uri ng kasamaan, atbp.) at Al-Baghi (alalaong baga, ang lahat ng uri ng pangmamaliit at pang-aapi) ay Kanyang pinaaalalahanan kayo, upang kayo ay makinig at sumunod.

91. At inyong tuparin ang kasunduan ni Allah (Bai'a; ang katapatan sa Islam) nang kayo ay makipagkasundo, at huwag ninyong labagin (sirain) ang inyong mga sumpa matapos na inyong pagtibayin ito, at katiyakang kayo ay nagtalaga kay Allah bilang inyong Tagapanagot (Tagapaggarantiya). Katotohanan! Talastas ni Allah ang inyong ginagawa.

92. At huwag maging katulad niya na nagtatastas ng sinulid na kanyang hinabi matapos na ito ay maging matibay sa pamamagitan nang pagsasabi ng inyong sumpa bilang isang

paraan ng pandaraya sa lipon ninyo, kung hindi, marahil ang isang bansa (pamayanan) ay magiging higit na marami kaysa sa ibang bansa (pamayanan). Si Allah ay sumusubok sa inyo sa pamamagitan nito (alalaong baga, siya na sumusunod kay Allah at tumutupad ng Kasunduan ni Allah at siya na sumusuway kay Allah at sumisira sa Kasunduan ni Allah). At sa Araw ng Muling Pagkabuhay, katiyakan na Kanyang gagawing maliwanag sa inyo ang mga bagay na hindi ninyo pinagkakasunduan (alalaong baga, ang isang nananampalataya ay nagsasabi at nananalig sa Kaisahan ni Allah at sa pagka-Propeta ni Propeta Muhammad na itinatatwa ng mga hindi sumasampalataya, at ito ang kanilang pagkakaiba sa buhay sa mundong ito).

93· At kung niloob lamang ni Allah, Kanyang magagawa kayong (lahat) na maging isang bansa (pamayanan), datapuwa't hinahayaan Niya ang sinuman na Kanyang maibigan na mapaligaw, at pinapatnubayan Niya (sa tamang landas) ang sinuman na Kanyang mapusuan. Datapuwa't katiyakang kayo ay tatawagin upang magsulit ng inyong ginawa.

94· At huwag ninyong gawin ang inyong mga sumpa bilang paraan nang panlilinlang sa inyong lipon, kung hindi, marahil ang isang paa ay madudulas matapos na maitanim nang matatag, at kayo ay lalasap ng masamang (kaparusahan sa mundong ito) dahilan sa inyong paghadlang (sa mga tao) tungo sa Landas ni Allah (alalaong baga, ang paniniwala sa Kaisahan ni Allah at sa Kanyang Tagapagbalitang si Muhammad), at sasainyo ang matinding kaparusahan (alalaong baga, ang apoy ng Impiyerno sa Kabilang Buhay).

95· At huwag kayong bumili ng maliit na pakinabang sa

pagtatalusira ninyo sa Kasunduan ni Allah. Katotohanan! Kung ano ang nakalaan mula kay Allah ay higit na mainam sa inyo kung inyo lamang nalalaman.

96. Kung anuman ang nasa sa inyo, ito ay mapaparam, at kung anuman ang nasa kay Allah (na mabubuting gawa) ay mananatili. At sila na matitiyaga, katiyakan, sila ay Aming babayaran ng gantimpala ng ayon sa pinakamainam na kanilang ginawa. 97. Sinuman ang gumagawa ng kabutihan, maging lalaki at babae, habang siya ay nananatili na isang sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah, sa Islam), katotohanan, sa kanya ay igagawad Namin ang isang mabuting buhay (sa mundong ito ng may paggalang, kasiyahan, at pinahihintulutang kabuhayan [ikabubuhay]), at katiyakan na Aming babayaran sila ng gantimpala ng ayon sa (sukat o timbang) ng pinakamainam sa kanilang ginawa (alalaong baga, ang Paraiso sa Kabilang Buhay).

98. Kaya't kung nais ninyong dalitin ang Qur'an, manikluhod kayo ng kalinga ni Allah laban kay Satanas, ang itinakwil (ang isinumpa). 99. Katotohanan! Siya (Satanas) ay walang kapangyarihan na makakapanaig sa mga nananampalataya at naglalagay ng kanilang pagtitiwala sa kanilang Panginoon (Allah). 100. Ang kanyang kapangyarihan ay para lamang sa mga tumatalima at sumusunod sa kanya, at sa mga nagtataguri ng katambal sa Kanya (Allah).

101. At kung Aming palitan ang isang Talata (ng Qur'an, alalaong baga, ang pawalang bisa [baguhin] ang pag-uutos nito), sa halip ng iba, at si Allah ang higit na nakakaalam kung ano ang pinakamainam sa Kanyang ipinapahayag (sa mga antas). Sila (ang mga hindi sumasampalataya) ay nagsasabi: "Ikaw (O Muhammad) ay isa lamang Muftari

(mapanghuwad, bulaan, sinungaling)!" Hindi, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay walang nalalaman. 102. Ipagbadya (O Muhammad), ang Ruh-ul-Qudus (Anghel Gabriel) ang nagdala nito (ang Qur'an) nang pababa mula sa iyong Panginoon ng may katotohanan, upang magawa nito na maging matatag at mapalakas (ang pananalig) ng mga sumasampalataya at isang patnubay at mabuting balita sa mga tumatalima (kay Allah, bilang mga Muslim).

103. At katiyakang Aming nababatid, na sila (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mga pagano) ay nagsasabi: "Isa lamang tao ang nagturo sa kanya (Muhammad)." Ang dila (salita) ng tao na kanilang tinutukoy ay banyaga, samantalang ito (ang Qur'an), ay isang maliwanag na dilang (salitang) Arabik. 104. Katotohanan! Sila na hindi sumasampalataya sa Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.) ni Allah, - si Allah ay hindi mamamatnubay sa kanila at sasakanila ang kasakit-sakit na kaparusahan. 105. Sila lamang na hindi nananampalataya sa Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.) ni Allah, at sila na kumakatha ng kabulaanan, sila nga ang mga sinungaling.

106. Sinuman ang magtakwil sa pananampalataya matapos na siya ay manampalataya, maliban sa kanya na sapilitang pinagawa nito at ang puso ay nakasadlak sa Pananalig, - subalit sila na naglantad ng kanilang dibdib sa kawalan ng pananalig, - sasapit sa kanila ang Poot ni Allah, at sasakanila ang matinding kaparusahan. 107. Ito'y sa dahilang higit na minahal at ninais nila ang buhay sa mundong ito ng higit sa Kabilang Buhay. At si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na hindi nananampalataya. 108. Sila yaong ang puso, pandinig (mga tainga), at mga mata (paningin) ay

tinakpan ni Allah. At sila ay hindi nakikinig at sumusunod!
109. Walang alinlangan, sa Kabilang Buhay, sila ang magiging talunan.
110. At katotohanan! Ang iyong Panginoon, - sila na nagsilikas matapos na sila ay ilagay sa pagsubok at pagkaraan ay nagsikap na mainam at nakipaglaban (sa Kapakanan ni Allah) at naging matimtiman, katotohanan, ang iyong Panginoon, matapos ito ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 111. (Alalahanin) ang Araw na ang bawat isa ay tatambad na nakikiusap para sa kanyang sarili, at ang bawat isa ay babayaran nang ganap ayon sa kanyang ginawa (mabuti o masama, pagkakaroon ng pananalig o kawalan ng pananampalataya sa buhay sa mundong ito), at sila ay hindi pakikitunguhan ng walang katarungan.
112. At si Allah ay nagtanghal ng halimbawa ng isang pamayanan (Makkah) na naninirahan nang panatag at may kasiyahan; ang mga panustos na kabuhayan ay dumarating dito nang sagana mula sa lahat ng lugar, datapuwa't ito (ang pamayanan) ay nagtatwa sa mga Pagpapala (Kagandahang Loob) ni Allah (sa kawalan ng damdamin ng pasasalamat). Kaya't hinayaan ni Allah na lasapin nito ang matinding gutom (salot) at pangamba, dahilan sa gayong (kasamaan, alalaong baga, ang pagtatakwil kay Propeta Muhammad) na ginawa (ng kanyang pamayanan). 113. At katotohanan! Dumatal sa kanila ang isang Tagapagbalita (Muhammad) mula sa kanilang lipon, datapuwa't kanilang itinakwil siya, kaya't ang kaparusahan ay sumakmal sa kanila habang sila ay Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian, buhong, buktot, atbp.).
114. Kaya't kumain kayo ng pinahihintulutan at mabuting

pagkain na ipinagkaloob ni Allah sa inyo. At magkaroon ng damdamin ng pasasalamat sa mga Pagpapala (Biyaya) ni Allah, kung Siya ang inyong sinasamba. 115. Kanyang ipinagbawal lamang sa inyo ang Al-Maytatah (ang karne ng patay na hayop), ang dugo, ang laman ng baboy, at anumang hayop na kinatay bilang isang alay (sakripisyo) sa mga iba maliban pa kay Allah (o kinatay para sa mga imahen o diyus-diyosan, atbp., o rito ang pangalan ni Allah ay hindi binanggit habang ito ay kinakatay). Datapuwa't kung sinuman ang napilitan dahil sa matinding pangangailangan na walang pagnanais na sumuway at hindi lumalabag (sa hangganan ng pagsuway), - kung gayon, si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

116. At huwag kayong mangusap ng tungkol sa kabulaanan na itinatambad ng inyong dila: "Ito ay pinahihintulutan, at ito ay ipinagbabawal", upang kayo ay makakatha ng mga kasinungalingan laban kay Allah. Katotohanan! Sila na kumakatha ng kasinungalingan laban kay Allah ay hindi kailanman magtatagumpay. 117. Isang pansamantalang kasiyahan na lumilipas (ang sasakanila), datapuwa't sasakanila ang kasakit-sakit na kaparusahan.

118. At sa kanila na mga Hudyo, Aming ipinagbawal ang gayong mga bagay na Aming binanggit sa iyo (O Muhammad) noon pang una [sa Surat Al-An'am (ang Bakahan), tunghayan ang talata 6:146]. At hindi Kami ang nagpariwara sa kanila, datapuwa't ipinariwara nila ang kanilang sarili. 119. At katotohanan! Ang iyong Panginoon, - sa mga gumagawa ng kasamaan (mga nagugumon sa kasalanan at palasuway kay Allah) sa kawalan ng kaalaman, at matapos ay nagtika at gumawa ng mga kabutihan,

katotohanan, ang iyong Panginoon, makaraan (ang gayong bagay), ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

120. Katotohanan, si Abraham ay isang Ummah (isang pinuno na may taglay ng lahat ng mabubuting katangian, o isang bansa [pamayanan]), masunurin kay Allah, isang Hanifan (alalaong baga, sumasamba lamang kay Allah), at siya ay hindi isa sa mga kabilang sa Mushrikun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, at mga nag-aakibat ng mga katambal sa Kanya). 121. (Siya, si Abraham) ay may pasasalamat sa Kanyang mga Biyaya. Kanyang (Allah) pinili siya (bilang isang matalik na kaibigan) at Kanyang pinatnubayan siya sa Matuwid na Landas (sa Kaisahan ni Allah, sa Islam, at hindi sa Hudaismo o Kristiyanismo). 122. At Aming pinagkalooban siya ng mabuti sa mundong ito, at sa Kabilang Buhay, siya ay mapapabilang sa mga matutuwid. 123. At ikaw (O Muhammad) ay binigyang inspirasyon Namin na (nagsasaysay): "Sundin mo ang pananampalataya ni Abraham na Hanifan (ang Islam at Kaisahan ni Allah, na siya ay tanging sumasamba lamang kay Allah, at hindi siya kabilang sa Mushrikun [alalaong baga, mga pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah at sa Kanyang Tagapagbalitang si Muhammad, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, atbp.]).

124. Ang Sabbath (Sabado) ay itinalaga lamang sa kanila na may pagkakahidwa tungkol dito, at katotohanan, ang iyong Panginoon ay hahatol sa pagitan nila sa Araw ng Muling Pagkabuhay hinggil sa bagay na hindi nila pinagkakasunduan.

125. Anyayahan mo (O Muhammad, ang sangkatauhan) sa

Landas ng iyong Panginoon (alalaong baga, sa Islam), ng may karunungan (alalaong baga, ang Banal na Inspirasyon at ang Qur'an), at makatwirang pangangaral, at makipagtalo ka sa kanila sa paraan na higit na mainam. Katotohanan, ang iyong Panginoon ang higit na nakakabatid kung sino ang napaligaw sa Kanyang Landas, at Siya ang Ganap na Nakakaalam kung sino ang mga napapatnubayan.

126. At kung inyong parusahan (ang inyong kaaway, O kayo na sumasampalataya sa Kaisahan ni Allah), kung gayon, inyong parusahan sila nang katumbas ng kanilang ginawa sa inyo. Datapuwa't kung kayo ay magbata ng may pagtitiyaga, katotohanan, ito ay higit na mainam sa mga matitiyaga. 127. At ikaw (O Muhammad) ay maging matimtiman sa pagtitiyaga, ang iyong pagtitiyaga ay hindi galing (sa iba), bagkus ay tanging mula kay Allah. At huwag kang manimdim sa kanila (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, mga pagano, atbp.), at huwag kang magkaroon ng lumbay dahilan sa kanilang binabalak. 128. Katotohanan, si Allah ay nasa panig ng mga nangangamba sa Kanya (nagpapanatili ng kanilang tungkulin sa Kanya), at ng Muhsinun (mga gumagawa ng kabutihan para lamang kay Allah na walang pagpaparangalan upang makapagtamo lamang ng papuri, pakinabang o katanyagan at gumagawa ng mga ito ng ayon sa Sunna [legal na paraan] ng Tagapagbalita ni Allah na si Muhammad).

Ang Gabing Paglalakbay

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Maluwalhati (at Kataas-taasan) Siya (Allah) [ng higit sa lahat (ng kasamaan) na kanilang itinatambal sa Kanya], na nagdala sa Kanyang alipin (Muhammad) tungo sa isang gabing paglalakbay mula sa Masjid Al-Haram (sa Makkah) patungo sa Malayong Moske (ang Templo ni Solomon sa Herusalem), na ang pamayanan dito ay Aming pinagpala (binendisyunan) upang Aming maipamalas sa iyo (O Muhammad) ang Aming Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.). Katotohanang siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Nakakamasid.

2. At Aming iginawad kay Moises ang Kasulatan at ginawa (Namin) ito bilang isang patnubay para sa Angkan ng Israel (na nagsasaysay): "Huwag kayong magturing sa iba pa liban sa Akin bilang (inyong) Wakil (Tagapangalaga, Panginoon, o Tagapamahala ng inyong buhay, atbp.). 3. O kayong mga anak nang mga dinala Namin (sa Arko) na kasama ni Noe! Katotohanang siya ay isang alipin na may pagtanaw ng utang na loob ng pasasalamat."

4. At Aming itinakda para sa Angkan ng Israel sa Kasulatan, na katiyakan, sila ay dalawang ulit na gagawa ng kabuktutan sa kalupaan at sila ay magiging mapang-api at lubhang palalo (at sila ay dalawang ulit na parurusahan)! 5. Kaya't nang ang una sa dalawang babala ay dumatal, ay

Aming isinugo laban sa inyo ang Aming mga alipin na inilaan sa matinding labanan. Sila ay pumasok sa kaloob-loobang bahagi ng inyong tahanan; at ito ay isang babala (na ganap) na natupad. 6. At sa muling pagkakataon ay Aming ginawaran kayo ng tagumpay laban sa kanila at Aming tinulungan kayo sa pamamagitan ng kayamanan at (inyong) mga anak at ginawa Namin na higit kayong maging marami sa lakas na pantao.

7. (At Aming winika): "Kung kayo ay gumawa ng mabuti, kayo ay gumawa ng kabutihan sa inyong sarili, at kung kayo ay gumawa ng masama (inyong ginawa ito) laban sa inyong sarili." At nang ang pangalawang babala ay dumatal, (Aming pinahintulutan ang inyong mga kaaway) na magawang namimighati (mawalan ng kapangyarihan o lakas) ang inyong mukha, at makapasok sa Templo (Moske ng Herusalem) kung paano sila nagsipasok noon, at wasakin nang may ganap na kapinsalaan ang anumang mahulog sa kanilang mga kamay. 8. (At Aming ipinahayag sa Torah [mga Batas]): "Maaaring ang inyong Panginoon ay magpakita sa inyo ng habag, datapuwa't kung kayo ay magbabalik (sa mga kasalanan), Aming ibabalik (ang Aming Kaparusahan). At Aming ginawa ang Impiyerno bilang isang bilangguan sa mga walang pananampalataya.

9. Katotohanan, ang Qur'an na ito ay namamatnubay kung anuman ang pinakamakatarungan at katampatan at nagbibigay ng masayang balita sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Kanyang Tagapagbalita, si Muhammad, atbp.), na nagsasagawa ng mga kabutihan, na sila ay magtatamo ng malaking gantimpala (sa Paraiso). 10. At sila na hindi nananampalataya sa Kabilang Buhay

(alalaong baga, sila ay hindi nananalig na sila ay babayaran sa anumang kanilang ginawa sa mundong ito, mabuti man o masama, atbp.), para sa kanila ay Aming inihanda ang kasakit-sakit na kaparusahan (sa Impiyerno).

11. At ang tao ay nananawagan (kay Allah) sa kasamaan kung paano siya nananawagan sa kabutihan at ang tao ay palaging nagmamadali (alalaong baga, kung siya ay nagagalit sa sinuman, siya ay dagliang nananalangin [na nagsasabi]: "O Allah, Inyong sumpain siya, atbp.", at ito ay hindi niya marapat na gawin, bagkus ay maging mapagpasensiya). 12. At Aming itinalaga ang gabi at araw (maghapon) bilang dalawang tanda (mula sa Amin). Ginawa Namin ang tanda ng Gabi ay maging madilim samantalang ginawa Namin ang tanda ng Araw (Maghapon) ay maging maliwanag upang kayo ay magsihanap ng kasaganaan ng inyong Panginoon, at upang inyong maalaman ang bilang ng mga taon at paggunita (o pagsusulit o kailan). Ang lahat ng bagay ay Aming ipinaliwanag nang masusi .

13. At Aming itinali ang mga gawa ng bawat tao sa kaniyang leeg, at sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay Aming ilalantad para sa kanya ang isang aklat na matatagpuan niya na nakabukas nang malapad. 14. (At sa kanya ay ipagtuturing): "Basahin mo ang iyong aklat. Ang iyong sarili ay sapat na bilang tagapagpaala-ala laban sa iyo sa Araw na ito." 15. Sinuman ang tumahak sa katuwiran, kung gayon siya ay gumawa nang tumpak sa kapakinabangan ng kanyang sarili. At kung sinuman ang maligaw, kung gayon, siya ay naligaw sa kanyang sariling kapahamakan. Walang sinuman na may mga pasanin ang maaaring magdala ng pasanin ng iba. At Kami kailanman ay hindi magpaparusa malibang Kami ay

nagsugo muna ng isang Tagapagbalita (upang magbigay ng babala).

16. At kung Kami ay magpasya na wasakin ang isang bayan (pamayanan), Kami muna ay nagpapadala (sa simula) ng isang tiyak na pag-uutos (na sundin si Allah at maging matuwid) sa kanilang lipon (o di kaya, Kami ay magpaparami muna sa bilang ng pamayanan nito) na pinagkalooban ng mabubuting bagay sa buhay na ito. At sila ay sumuway dito, kaya't ang salita (ng kaparusahan) ay may katuwiran laban (sa kanila), kaya't Aming winasak ito ng may ganap na kapinsalaan. 17. At gaano karami na ba ang henerasyon (mga nangaunang bansa o pamayanan) ang Amin nang winasak pagkaraan ni Noe! At sapat na ang iyong Panginoon bilang isang may Ganap na Kaalaman at Ganap na Nakakamasid ng mga kasalanan ng Kanyang mga alipin.

18. Sinuman ang magnais ng pagmamadali (sa pansamantalang kaligayahan sa mundong ito), Kami ay kagyat na magkakaloob sa kanya ng anumang Aming naisin sa sinumang Aming maibigan. At matapos ito, ay Aming itinalaga para sa kanya ang Impiyerno, siya ay susunugin dito ng may kahihiyan at pagtatakwil, - na lubhang malayo sa Habag ni Allah. 19. At sinuman ang magnais sa Kabilang Buhay at magsikap dito, na may laang pagsisikhay na nararapat dito (alalaong baga, ang gumawa ng mga kabutihan at maging masunurin kay Allah) habang siya ay nananalig (sa Kaisahan ni Allah, at sa Islam), kung gayon, siya yaong ang pagsisikap ay pinahahalagahan, pinasasalamatan at ginagantimpalaan (ni Allah).

20. Sa bawat isa, sa inyo at sa kanila, Kami ang nagkakaloob (ng biyaya) mula sa Kasaganaan ng iyong Panginoon. At

ang Kasaganaan ng iyong Panginoon, kailanman ay hindi maipagbabawal. 21. Inyong pagmalasin kung paano Namin kinakandili ang isa ng higit sa iba (sa mundong ito), at katotohanan, ang Kabilang Buhay ay higit na mataas sa antas at higit na mainam na bigyang halaga.

22. Huwag kang magtambal ng mga ibang diyos tangi pa kay Allah (O tao)! [ang talatang ito ay ipinatungkol kay Propeta Muhammad, ngunit ang tinutukoy sa pangkalahatan ay ang sangkatauhan], kung hindi, ikaw ay uupo na sinusumbatan at pinababayaan (sa Apoy ng Impiyerno). 23. At ang iyong Panginoon ay nag-utos na huwag kang sumamba sa iba pa maliban sa Kanya, at ikaw ay maging masunurin sa iyong magulang. Kung ang isa sa kanila o silang dalawa ay sumapit na sa matandang gulang sa (panahon) ng iyong buhay, huwag kang mangusap sa kanila ng isa mang salita ng kalapastanganan, gayundin ay huwag manigaw sa kanila, datapuwa't ikaw ay mangusap sa kanila sa paraan na karangal-rangal. 24. At iyong ibaba para sa kanila ang pakpak ng pagsunod at kapakumbabaan sa pamamagitan ng habag, at magsabi: "Aking Panginoon! Igawad Ninyo sa kanila ang Inyong Habag sapagkat sila ang nag-aruga sa akin nang ako ay batang paslit pa." 25. Ang inyong Panginoon ang nakakaalam kung ano ang nasa kaibuturan (ng inyong sarili). Kung kayo ay matuwid, kung gayon, katotohanang Siya ay Lagi nang Nagpapatawad sa mga bumabaling sa Kanya nang paulit-ulit, sa pagsunod at sa pagtitika.

26. At inyong ibigay sa kamag-anak ang sa kanila ay nalalaan at sa Miskin (mga mahihirap na nagpapalimos) at sa mga naliligaw sa paglalakbay. Datapuwa't huwag ninyong

gugulin (ang inyong kayamanan) ng walang kapararakan (o maging kuripot). 27. Katotohanan, ang mapagwaldas (ng walang kapararakan) ay mga kapatid ng mga demonyo, at ang demonyo (si Satanas) ay lagi nang walang utang na loob ng pasasalamat sa kanyang Panginoon. 28. At kung ikaw (O Muhammad) ay tumalikod sa kanila (kamag-anak, mahihirap, naglalakbay, atbp., at ikaw ay Aming pinag-utusan na ibigay ang kanilang mga karapatan, datapuwa't kung ikaw ay walang salapi sa sandali ng kanilang paghingi rito), at ikaw ay naghihintay ng habag mula sa iyong Panginoon na rito ay iyong inaasam, kung gayon, ikaw ay mangusap sa kanila nang mabanayad (alalaong baga, si Allah ay magkakaloob sa akin, at ako ay magbibigay sa inyo).

29. At huwag hayaan ang iyong kamay ay natatalian (na tulad ng isang kuripot) sa iyong leeg, gayundin naman, ay huwag mo itong iunat ng labis (na katulad ng isang waldas), upang ikaw ay mabigyan ng sisi at malagay sa matinding kahirapan. 30. Katotohanan, ang iyong Panginoon ang nagpaparami ng panustos na ikabubuhay sa sinumang Kanyang maibigan at Siya ang nagpapaunti (sa sinumang Kanyang maibigan). Katotohanang Siya ang Lagi nang Nakakabatid, ang Ganap na Nakakamasid sa Kanyang mga alipin.

31. At huwag ninyong patayin ang inyong mga anak dahil sa pangamba ng kahirapan. Kami ang nagkakaloob sa kanila at sa inyo. Katotohanan, ang pagpatay sa kanila ay isang malaking kasalanan. 32. At huwag kayong lumapit sa hindi pinapahintulutang seksuwal na pakikipagtalik. Katotohanang ito ay isang Fahishah (alalaong baga, anumang lumalagpas sa hangganan ng pagsuway [isang

malaking kasalanan]), at isang masamang daan (na nagbubunsod sa sinuman sa Impiyerno malibang siya ay patawarin ni Allah).

33. At huwag ninyong patayin ang sinuman na ipinagbabawal ni Allah, malibang ito ay sa makatarungang paraan. At kung sinuman ang napatay (nang sinasadya na may pagkagalit at pang-aapi at hindi sa kamalian), Aming binigyan ang kanyang tagapagmana ng kapamahalaan (na humingi ng Qisas [batas ng pagkakapantay-pantay sa paggagawad ng kaparusahan], o ang magpatawad, o tumanggap ng Diya [salaping bayad sa dugo o kamatayan]). Datapuwa't huwag siyang hayaan na lumampas sa hangganan, sa bagay (o kapamahalaan) nang pagkitil ng buhay (alalaong baga, huwag siyang pumatay, maliban sa mamatay-tao lamang). Katotohanang siya ay lilingapin (ng ayon sa batas Islamiko).

34. At huwag kayong lumapit (ng may pag-iimbot) sa ari-arian ng ulila maliban na ito ay inyong palaguin, hanggang sa sapitin niya ang tamang gulang at lakas. At inyong tuparin (ang bawat) kasunduan. Katotohanan, ang kasunduan ay tatanungin (sa gayong bagay)! 35. At magbigay ng tamang sukat (o timbang) kung kayo ay sumusukat, at magtimbang sa timbangan na walang daya. Ito ay mabuti (at kapakinabangan) at sa huli ay higit na mainam.

36. At huwag mong sundin (O tao, alalaong baga, huwag kang mangusap, o huwag kang sumaksi, o huwag kang mangatawan, atbp.) sa bagay na wala kang kaalaman (halimbawa, ang pagsasabi ng "Aking nakita," samantalang sa katotohanan ay hindi niya nakita, o "Aking narinig," datapuwa't hindi niya narinig). Katotohanan, ang pandinig,

ang paningin, ang puso, ang bawat isa sa kanila ay tatanungin (ni Allah). 37. At huwag kang lumakad sa kalupaan ng may pagmamagaling at kapalaluan. Katotohanang ikaw ay hindi makakabiyak o makapapaloob (sa ilalim) ng kalupaan, gayundin, ay hindi mo mararating ang katulad ng tikas o tindig ng mataas na kabundukan. 38. Ang lahat ng masasamang pananaw (na nabanggit sa itaas) ay kamuhi-muhi sa Paningin ng iyong Panginoon.

39. Ito ay (bahagi) ng Al-Hikmah (karunungan, mabubuting gawa at mataas na uri ng pag-uugali, atbp.), ng inspirasyon na iginawad sa iyo (O Muhammad) ng iyong Panginoon. At huwag kang magtambal kay Allah ng iba pang diyos, kung hindi, ikaw ay mapapatapon sa Impiyerno na sinisisi at itinatakwil, - at malayo sa Habag ni Allah.

40. Ang inyo bagang Panginoon (O mga Pagano ng Makkah) ay higit na nagbigay pahalaga sa inyo (sa pamamagitan) ng mga anak na lalaki, at nag-angkin sa Kanyang Sarili mula sa mga anghel ng mga anak na babae? Katotohanan, kayo ay umuusal ng kasuklam-suklam na pangungusap! 41. At katiyakang Aming ipinaliwanag (ang Aming mga pangako, mga babala, at nagbigay [Kami] ng maraming halimbawa), dito sa Qur'an upang sila (na walang pananampalataya) ay makinig, datapuwa't ito ay higit pang nagdagdag sa kanila sa wala maliban sa pag-ayaw. 42. Ipagbadya (O Muhammad sa kanila, na mga pagano at mapagsamba sa mga diyus-diyosan, atbp.): "Kung tunay man na mayroon pang ibang diyos na katambal Niya na kagaya ng kanilang ipinapalagay, kung gayon, katiyakang sila ay hahanap ng isang daan patungo sa Panginoon ng Luklukan (na naghahanap ng Kanyang Pagkalugod upang

maging malapit sa Kanya). 43. Ganap na Maluwalhati at Mataas Siya! Sa Aluwan Kabira (mga matinding kabulaanan at kasinungalingan) na kanilang ipinagtuturing! (alalaong baga, mga gawa-gawang salita na may iba pang diyos na kaakibat si Allah, datapuwa't Siya lamang si Allah, ang Tanging Isa, ang Panginoon na may Sariling Kasapatan, na sinasandigan ng lahat ng mga nilalang, hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak, at walang sinuman ang sa Kanya ay makakatulad). 44. Ang pitong kalangitan at ang pitong kalupaan, at lahat ng nasa pagitan nito ay lumuluwalhati sa Kanya, at walang anumang bagay ang hindi lumuluwalhati sa Kanya ng papuri (na Siya ay malaya sa anumang uri ng kapintasan at kasahulan). Datapuwa't hindi ninyo nauunawaan ang kanilang pagbubunyi ng kaluwalhatian. Katotohanang Siya ay Ganap na Mapagpaumanhin, ang Lagi nang Nagpapatawad.

45. At nang ikaw (O Muhammad) ay dumadalit ng Qur'an, inilagay Namin sa iyong pagitan at ng mga hindi sumasampalataya sa Kabilang Buhay ang hindi nakikitang lambong (o tabing sa kanilang puso, upang sila ay hindi makarinig o hindi makaunawa). 46. At naglagay Kami ng tabing sa ibabaw ng kanilang puso, baka mangyari, na maunawaan nila ito (ang Qur'an), at ng pagkabingi sa kanilang tainga. At nang ikaw ay bumabanggit lamang sa iyong Panginoon (La ilaha ill Allah – Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah, ang Kaisahan ni Allah sa Islam) sa Qur'an, sila ay tumatalikod at umaalis sa malaking pag-ayaw.

47. Ganap Naming batid kung ano ang kanilang pinakikinggan kung sila ay nakikinig sa iyo, at kung sila

ay nagsasagawa ng lihim na pagsasanggunian, pagmasdan, ang Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano, mapaggawa ng kabuktutan, atbp.) ay nagsasabi: "Wala kang sinusunod maliban sa isang tao na inaalihan (ng demonyo)." 48. Tunghayan kung ano ang mga halimbawa na kanilang itinatambad sa iyong harapan. Kaya't sila ay napaligaw nang malayo, at sila kailanman ay hindi makakakita ng daan.

49. At sila ay nagsasabi: "Kung kami ba ay mga buto na at lansag-lansag, tunay bang kami ay muling ibabangon sa bagong paglikha?" 50. Ipagbadya mo (O Muhammad): "Maging kayo man ay bato o bakal, 51. O iba pang likhang bagay na sa inyong isipan ay higit na matigas (upang ibangon) [gayunman, kayo ay ibabangon]!" At sila ay magsasabi: "Sino ang magpapanumbalik sa amin (sa pagkabuhay)?" Ipahayag: "Siya (Allah) na lumikha sa inyo noong una!" At sa iyo, sila ay magsisiiling ng kanilang ulo at magsasabi: "Kailan kaya ito magaganap?" Ipagbadya: "Marahil, ito ay malapit na!" 52. Sa Araw na Kanyang tatawagin kayo, at kayo ay tutugon (sa Kanyang panawagan) na may (mga salita) ng papuri at pagsunod sa Kanya, at mapag-iisip lamang ninyo (sa sandaling yaon) na kayo ay nanatili lamang (sa mundong ito) sa maigsing sandali!

53. At ipagsaysay sa Aking mga alipin (alalaong baga, sila na mga tunay na sumasampalataya sa Kaisahan ni Allah, at sa Islam), na kanila lamang sabihin nang mainam ang mga salita, sapagkat katotohanang si Satanas ay nagtatanim ng hindi pagkakasundo sa kanilang lipon. Katiyakan, sa tao, si Satanas ay kanyang lantad na kaaway.

54. Ang inyong Panginoon ang nakakakilala sa inyo nang ganap, kung Kanyang naisin, kayo ay gagawaran Niya ng

Kanyang habag, o kung Kanyang naisin, kayo ay gagawaran Niya ng parusa. At ikaw (O Muhammad) ay hindi Namin isinugo bilang tagapamahala sa kanila. 55. At ang iyong Panginoon ang ganap na nakakabatid kung ano ang nasa kalangitan at kalupaan, at katotohanang Aming itinampok ang ibang mga Propeta ng higit sa iba (sa katungkulan at pananagutan), at kay David ay Aming ipinagkaloob ang Salmo.

56. Ipagbadya (O Muhammad): "Naninikluhod ba kayo sa kanila maliban pa sa Kanya, - na inyong itinuturing (na mga diyos tulad ng mga anghel, ang Mesiyas, si Ezra, atbp.). Wala silang kapangyarihan na pawiin ang anumang kasahulan sa inyo, gayundin ang ilipat ito mula sa inyo sa ibang tao. 57. Yaong kanilang mga pinananalanginan (katulad ni Hesus, ang anak ni Maria, Ezra, mga anghel, atbp.) ay naghahangad (sa kanilang sarili) ng paraan na mapalapit sa kanilang Panginoon (Allah), at kung sino sa kanila ang magiging pinakamalapit (kay Allah), at sila (Hesus, Ezra, mga anghel, atbp.) ay umaasam ng Kanyang Habag at nangangamba sa Kanyang kaparusahan. Katotohanan, ang kaparusahan ng iyong Panginoon ay isang bagay na dapat katakutan! 58. At walang isa mang bayan (pamayanan) ang hindi Namin wawasakin bago maganap ang Araw ng Muling Pagkabuhay, o parusahan ito ng isang matinding kaparusahan. Ito ay nakatala sa Aklat (ng Aming Pag-uutos).

59. At walang anuman ang makakapigil sa Amin sa pagpapadala ng Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.), datapuwa't ang mga tao ng panahong sinauna ay nagtatwa rito. At Aming ipinadala ang babaeng kamelyo kay Thamud bilang isang maliwanag na Tanda, datapuwa't

siya (ang babaeng kamelyo) ay ipinalungi nila (ginawan siya ng kabuhungan). At hindi Kami nagpadala ng mga Tanda maliban na ito ay makakapagbigay ng babala, at upang sila ay mangamba (sa pagkawasak).

60. At (gunitain) nang Aming wikain sa iyo: "Katotohanan, ang iyong Panginoon ang nakakasakop sa sangkatauhan (alalaong baga, sila ay nasa Kanyang pamamahala)." At Aming ipinagkaloob ang pangitain (pananaw, ang Al-Isra) na Aming ipinamalas sa iyo (O Muhammad, bilang isang aktuwal na saksi na nakamalas at hindi bilang isang panaginip), datapuwa't isang pagsubok sa sangkatauhan, at katulad din naman, ang isinumpang puno (ang Zaqqum, na nabanggit) sa Qur'an; Kami ay nagbabala at Aming ginawa na sila ay mangamba, datapuwa't ito ay lalo lamang nagpasidhi sa kanila sa wala maliban sa malaking kawalan ng pananalig, pang-aapi, at pagsuway kay Allah.

61. At (alalahanin) nang Aming wikain sa mga anghel: "Magpatirapa kayo kay Adan." Sila ay nagpatirapa maliban kay Iblis. Siya (Iblis) ay nagsabi: "Ako ba ay magpapatirapa sa kanya na Inyong nilikha mula sa malagkit na putik?" 62. (Si Iblis) ay nagsabi: "Siya ba ay nakikita (Ninyo), na Inyong pinapurihan ng higit sa akin? Kung ako ay (Inyong) bibigyan ng palugit (hayaang ako ay mabuhay) hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay, katotohanang aking sasakmalin at ililigaw ang kanyang mga anak (mga lahi, sa pamamagitan ng paggugumon sa kanila sa kamalian), silang lahat, maliban lamang sa ilan!"

63. (Si Allah) ay nagwika: "Humayo ka, at kung sinuman sa kanila ang sumunod sa iyo, katotohanang Impiyerno ang kabayaran nilang (lahat) – isang sapat na kabayaran, 64. At

Istafziz (ang literal na kahulugan: linlangin o lokohin sila ng dahan-dahan), sila na iyong mararahuyo o malalansi sa pamamagitan ng iyong tinig (alalaong baga, mga kanta, tugtugin, at iba pang paraan tungo sa pagsuway kay Allah), salakayin mo sila na kasama ang iyong lipon at mga sundalo, magkapanabay na ibahagi mo sa kanila ang kayamanan at mga anak (sa pamamagitan ng panunukso sa kanila na kumita ng salapi sa pamamagitan ng ipinagbabawal na paraan, - pagpapatubo ng pera, atbp., o ang paggawa ng bawal na pakikipagtalik, atbp.), at gumawa ka ng mga pangako sa kanila." Datapuwa't si Satanas ay nangangako lamang sa kanila ng wala ng iba maliban sa pandaraya. 65. Katotohanan, sa Aking alipin (alalaong baga, ang tunay na nananampalataya sa Kaisahan ni Allah at sa Islam), ikaw (Satanas) ay walang kapamahalaan sa kanila, at sapat na ang iyong Panginoon bilang isang Tagapangalaga.

66. Ang inyong Panginoon ang Siyang nagtutulak sa barko para sa inyo sa kahabaan ng dagat upang kayo ay magsihanap ng Kanyang kasaganaan. Katotohanang Siya ay Lagi nang Maawain sa inyo. 67. At kung ang kasahulan ay sumapit sa inyo habang kayo ay nasa dagat, yaong inyong mga pinananalanginan maliban pa sa Kanya ay naglalaho sa inyo maliban sa Kanya (si Allah lamang). Datapuwa't nang Kanyang idaong na kayo ng ligtas sa kalupaan, kayo ay nagsisitalikod (sa Kanya). At ang tao ay lagi nang walang utang na loob ng pasasalamat.

68. Kayo ba ay nakadarama ng kapanatagan, na hindi Niya hahayaan, na ang isang bahagi ng kalupaan ay lumagom sa inyo, o kaya, Siya ay hindi magpapadala laban sa inyo ng isang marahas na bagyo (ng buhangin)? Kung gayon,

kayo ay hindi makakatagpo ng Wakil (tagapagtangkilik, isang mangangalaga sa inyo sa Kaparusahan). 69. O kayo ba ay nakadarama ng kapanatagan, na kayo ay hindi Niya muling ibabalik sa dagat sa pangalawang pagkakataon, at magpaparating laban sa inyo ng isang ipu-ipo at Kanyang lulunurin kayo dahilan sa inyong kawalan ng pananalig, kung magkagayon, kayo ay hindi makakatagpo ng sinumang gaganti para sa inyo laban sa Amin?

70. At katotohanang Aming pinapurihan ang mga anak ni Adan, at Aming isinakay sila sa kalupaan at karagatan, at Aming ginawaran sila ng At-Tayyibat (mga pinahihintulutan at mabubuting bagay), at Aming itinampok sila ng higit sa maraming nilalang na Aming nilikha na may tatak ng pagkalugod.

71. (At alalahanin) ang Araw na Aming tatawagin nang sama-sama ang lahat ng mga tao na kasama ang kanilang (itinalagang) Imam (ang kanilang mga Propeta, o ang talaan ng kanilang mabubuti at masasamang gawa, o ang kanilang mga Banal na Aklat katulad ng Qur'an, ang Torah [mga Batas], ang Ebanghelyo, atbp.). Kaya't kung sinuman ang binigyan ng kanyang talaan sa kanyang kanang kamay, siya nga ang babasa sa kanyang talaan, at sila ay hindi pakikitunguhan kahit na katiting ng kawalang katarungan. 72. At kung sinuman ang bulag sa mundong ito (alalaong baga, hindi nakakakita ng mga Tanda ni Allah at hindi sumasampalataya sa Kanya) ay magiging bulag sa Kabilang Buhay, at higit na malayo ang pagkaligaw sa Landas.

73. Katotohanang sila ay malapit nang makatukso sa iyo (O Muhammad), upang ikaw ay mapalayo sa Aming ipinahayag (ang Qur'an), at gumawa ng bagay ng kabulaanan na iba rito

(sa nasasaad sa Qur'an) laban sa Amin, kung magkagayon, katiyakang ikaw ay kanilang kukunin bilang isang kaibigan! 74· At kung ikaw ay hindi Namin ginawa na maging matatag sa pagkakatindig, hindi na magtatagal, ikaw ay malapit nang mahikayat sa kanila. 75· Kung magkagayon, magagawa Namin na iyong lasapin ang dalawang bahagi (ng kaparusahan) sa buhay na ito, at ng dalawang ulit (na kaparusahan), pagkaraan ng (iyong) kamatayan. Sa gayon, ikaw ay hindi makakatagpo ng sinuman upang makatulong sa iyo laban sa Amin.

76· At katotohanang sila ay malapit nang makapagbigay sa iyo ng matinding takot, hanggang sa ikaw ay kanilang maitaboy sa kalupaan. Datapuwa't sa gayong pangyayari, sila ay hindi makakapangyaring makapanatili (rito) pagkaraan mo, maliban lamang sa pansamantalang panahon. 77· (Ito ang Aming) Sunna (panuntunan o paraan) sa mga Tagapagbalita na Aming isinugo nang una pa sa iyo (O Muhammad), at ikaw ay hindi makakakita ng anumang pagbabago sa Aming Sunna (panuntunan o paraan).

78· Aqim-as-Salat (mag-alay ng mga panalangin nang mahinusay) mula sa katanghalian hanggang sa pagsapit ng dilim (alalaong baga, ang mga panalangin sa oras ng Zuhr, Asr, Maghrib, at Isha), at iyong dalitin ang Qur'an sa pagbubukang liwayway (alalaong baga, ang pang-umagang panalangin). Katotohanan, ang pagdalit sa Qur'an bago ang pagbubukang liwayway ay lagi nang sinasaksihan (dinadaluhan ng mga anghel na nakatalaga sa sangkatauhan sa gabi at araw). 79· At (gayundin), sa ilang bahagi ng gabi ay mag-alay ng panalangin na kasama ito (alalaong baga, dalitin ang Qur'an sa pagdarasal), bilang isang karagdagang

panalangin (Tahajjud, Nawafil, mga itinatagubiling dasal datapuwa't hindi katungkulan o obligado) para sa iyo (O Muhammad). Maaaring ang iyong Panginoon ay magtaas sa iyo sa Maqaman Mahamuda (isang himpilan ng Pagpupuri at Pagluwalhati, alalaong baga, ang pinakamataas na antas sa Paraiso).

80. At ipagbadya mo (O Muhammad): "Aking Panginoon! Inyong hayaan ang aking pagpasok (sa lungsod ng Madinah) ay maging mainam, at gayundin ang aking paglisan (mula sa lungsod ng Makkah) ay maging mabuti. At ako ay pagkalooban Ninyo mula sa Inyo ng kapamahalaan upang makatulong sa akin (o isang matatag na tanda o isang katibayan). 81. At ipagbadya: "Ang Katotohanan (alalaong baga, ang Kaisahan ni Allah at ang Islam, o ang Qur'an, o ang Jihad laban sa mga mapagsamba sa diyus-diyosan) ay dumatal na at ang Batil (Kabulaanan, alalaong baga, si Satanas o ang pagsamba sa mga diyus-diyosan, atbp.) ay napawi na. Katotohanan, ang Batil ay lagi nang maglalaho!"

82. At ipinanaog Namin mula sa Qur'an yaong mga bagay na nagpapagaling at isang habag sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah, at sa Islam, na nagsasagawa nito), at ito ay nagpapadagdag sa Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng mga kamalian, buktot, tampalasan) sa wala maliban sa pagkatalo.

83. At nang Aming ipagkaloob ang Aming biyaya sa tao (ang hindi sumasampalataya), siya ay tumalikod at naging palalo, na higit na naging malayo sa tamang landas. At kung ang kasamaan ay sumaling sa kanya, siya ay nasa malaking pagkasiphayo (kawalan ng pag-asa). 84. Ipagbadya (O Muhammad sa sangkatauhan): "Ang bawat isa ay gumagawa

ng ayon sa Shakilatihi (alalaong baga, ang kanyang paraan o kanyang pananampalataya o kanyang mga layunin, atbp.), at ang inyong Panginoon ang ganap na nakakabatid sa kanya na nasa tumpak na Landas (pananampalataya, atbp.)."

85. At sila ay nagtatanong sa iyo (O Muhamamad) tungkol sa Ruh (ang Espiritu o kaluluwa); iyong ipagbadya: "Ang Ruh (ang Espiritu o kaluluwa); ang kaalaman dito ay nasa aking Panginoon. At sa karunungan, kayo (ang sangkatauhan) ay pinagkalooban lamang ng kaunti."

86. At kung Aming ninais, katiyakan na Aming kukunin ang bagay na Aming ipinahayag sa iyo sa inspirasyon (alalaong baga, ang Qur'an). At ikaw ay hindi makakatagpo ng tagapagtanggol sa iyo laban sa Amin sa gayong bagay, 87. Maliban lamang ang isang Habag mula sa iyong Panginoon. Katotohanan, ang Kanyang Biyaya sa iyo (O Muhammad) ay lagi nang masagana. 88. Ipagbadya: "Kung ang sangkatauhan at mga Jinn ay magsama-sama upang makagawa ng katulad nitong Qur'an, sila ay hindi makakagawa ng katulad nito, kahit na sila ay magtulungan sa isa't isa."

89. At katotohanang Aming ipinaliwanag nang ganap sa sangkatauhan ang Qur'an na ito, at lahat ng uri ng paghahambing, datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay tumatanggi (sa Katotohanan at hindi tumanggap ng anuman) maliban sa kawalan ng pananalig. 90. At sila ay nagsasabi: "Kami ay hindi sasampalataya sa iyo (O Muhammad), hanggang hindi mo pinapangyari para sa amin na ang batis ay umagos (bumalong) mula sa lupa; 91. O ikaw ay mayroong halamanan ng punong palmera (datiles) at mga ubas, at mapangyari na ang mga ilog ay magsidaloy

sa pagitan nila nang masagana; 92. O iyong papangyarihin na ang kalangitan (alapaap) ay mahulog ng pira-piraso sa amin na kagaya ng iyong pinaninindigan, o iyong dalhin si Allah at ang mga anghel sa harapan (namin) nang lantad; 93. O ikaw ay may isang bahay na napapalamutihan ng mga mahihiyas na bagay (katulad ng pilak at purong ginto, atbp.), o ikaw ay umakyat sa alapaap, at kahit na magkagayon, kami ay hindi mananalig sa iyong pag-akyat hanggang hindi mo ipinapanaog sa amin ang isang aklat na aming mababasa." Ipagbadya mo (O Muhammad): "Maluwalhati (at Kataas-taasan) ang aking Panginoon (Allah) nang higit sa lahat ng mga kasamaan na kanilang (mga mapagsamba sa diyus-diyosan) itinatambal sa Kanya! Ako ay wala ng iba, maliban na isang tao lamang na isinugo bilang isang Tagapagbalita?"

94. At walang anumang makakahadlang sa mga tao sa pananalig kung ang Patnubay ay dumatal sa kanila, maliban na sila ay magsabi: "Si Allah ba ay nagsugo ng isang tao bilang (Kanyang) Tagapagbalita?" 95. Ipagbadya: "Kung mayroon sa kalupaan na mga anghel na lumilibot sa kapayapaan at kapanatagan, katiyakang Kami ay magpapanaog para sa kanila mula sa langit ng isang anghel bilang isang Tagapagbalita." 96. Ipahayag: "Sapat na si Allah bilang isang saksi sa pagitan ko at ninyo. Katotohanang Siya ang Ganap na Maalam, ang Lubos na Nakakamasid sa Kanyang mga alipin."

97. At sinumang patnubayan ni Allah, siya ay tumpak na napapatnubayan, datapuwa't kung sinuman ang Kanyang iligaw, - para sa kanila ay hindi kayo makakatagpo ng Auliya (kawaksi at tagapagtanggol, atbp.) maliban sa Kanya, at Aming titipunin sila nang sama-sama sa Araw ng Muling

Pagkabuhay sa kanilang mukha; - mga bulag, pipi at bingi, ang kanilang pananahanan ay Impiyerno, kailanman na ito ay humuhupa (sa ningas), Aming daragdagan para sa kanila ang paglalagablab ng Apoy. 98. Ito ang kanilang kabayaran sapagkat itinatwa nila ang Aming Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.) at nagsabi: "Kung kami ba ay mga buto na at kalansay, kami ba ay tunay na ibabangong muli bilang isang bagong nilikha?"

99. Hindi baga nila namamasdan na si Allah na lumikha ng kalangitan at kalupaan ay Makapangyayari na lumikha ng katulad nila. At Siya ay nagtakda sa kanila ng natataningang araw, na rito ay walang alinlangan. Datapuwa't ang Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian, buktot, tampalasan, atbp.) ay tumatanggi (sa Katotohanan, - ang Mensahe ng Kaisahan ni Allah at ng Islam, at wala silang tinanggap) maliban sa kawalan ng pananalig. 100. Ipagbadya (sa mga hindi sumasampalataya): "Kung kayo ay nag-aangkin ng bangan ng Habag ng aking Panginoon (kayamanan, salapi, panustos na ikabubuhay, atbp.), kung gayon, katiyakang kayo ay magpipigil (sa paggugol) dahil sa inyong pangangamba (na baka maubusan), ang mga tao ay lagi nang kuripot!"

101. At katotohanang iginawad Namin kay Moises ang siyam na maliliwanag na tanda. Inyong tanungin ang Angkan ng Israel, nang siya ay pumaroon sa kanila, at si Paraon ay nangusap sa kanya: "O Moises, inaakala ko na ikaw ay isang inaalihan (ng demonyo)!" 102. (Si Moises) ay nagturing: "Katotohanang batid mo na ang mga tandang ito ay ipinanaog ng wala ng iba maliban sa Panginoon ng kalangitan at kalupaan bilang maliwanag (na mga Katibayan,

alalaong baga, tanda ng pagiging Isa ni Allah at Kanyang Kapangyarihan, atbp.), at aking inaakala na katiyakan, ikaw O Paraon, ay nakatakda sa pagkawasak (na malayo sa lahat ng mabuti)!" 103. Kaya't pinagpasyahan niya (Paraon) na itaboy sila sa labas ng kalupaan (ng Ehipto). Datapuwa't Aming nilunod siya na kasama ang kanyang mga kapanalig. 104. At Aming itinagubilin sa Angkan ng Israel pagkaraan niya: "Magsipanahan kayo sa kalupaan, at kung malapit na ang pangwakas at panghuling pangako (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay o ang pagbaba ni Kristo [si Hesus, na anak ni Maria sa lupa]). Aming dadalhin kayo sa magkakahalong lipon (tinipon mula sa iba't ibang bansa o pamayanan).

105. At sa Katotohanan ay Aming ipinanaog ito (alalaong baga, ang Qur'an), at sa Katotohanan ito ay bumaba. At isinugo ka Namin (O Muhammad), at wala ng iba, maliban na ikaw ay tagapagdala ng Masayang Balita (ng Paraiso, sa mga susunod sa iyong Mensahe ng Kaisahan ni Allah at sa Islam), at bilang tagapagbabala (ng Apoy ng Impiyerno, sa mga tumatanggi na sumunod sa iyong Mensahe ng Kaisahan ni Allah at sa Islam). 106. At (ito) ay isang Qur'an na Aming pinagbaha-bahagi (sa maraming antas o piraso), upang ito ay iyong madalit sa mga tao nang sali-salisi (sa maraming pagkakataon). At Aming ipinahayag ito sa maraming antas (sa loob ng 23 taon).

107. Ipagbadya (O Muhammad sa kanila): "Manalig kayo rito (sa Qur'an) o huwag kayong maniwala (rito). Katotohanan, sila na nabigyan ng karunungan bago pa ([sa Qur'an], ang mga Hudyo at Kristiyano katulad ni Abdullah bin Salam at Salman Al-Farsi), nang ito ay dalitin

sa kanila, sila ay nangayupapa sa kanilang mukha at buong kapakumbabaan sa pagpapatirapa. 108. At sila ay nagsasabi: "Kaluwalhatian sa aming Panginoon! Katotohanan, ang pangako ng aming Panginoon ay marapat na matupad." 109. At sila ay nangayupapa sa kanilang mukha na nananangis at ito ay nakapagdagdag sa kanilang kapakumbabaan.

110. Ipagbadya (O Muhammad): "Panikluhuran ninyo si Allah o panikluhuran ninyo ang Pinakamapagbigay (Allah), sa anumang pangalan na inyong tawagin Siya (ito ay magkatulad lamang) para sa Kanya, sapagkat Siya ang nag-aangkin ng Pinakamagagandang Pangalan. At iyong usalin ang iyong panalangin ng hindi malakas, gayundin naman, ng hindi mahina, datapuwa't iyong sundin ang katamtaman." 111. At ipagbadya: "Ang lahat ng mga Pagpupuri at Pasasalamat ay kay Allah lamang, na (Siya) ay hindi nagkaanak, at (Siya) ay walang katambal sa (Kanyang) Paghahari, gayundin, Siya ay hindi isang aba upang magkaroon ng Wali (kawaksi, tagapagtanggol o tagapagtaguyod). At inyong ipagdiwang ang pagbubunyi sa Kanya ng may lahat ng pagpaparangal (Allahu Akbar, si Allah ang Pinakadakila).

Surah 18 • Al-Kahf

Ang Yungib

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ang lahat ng pagpupuri at pasasalamat ay kay Allah lamang, na Siyang nagpapanaog ng Aklat (ang Qur'an) sa

Kanyang alipin (Muhammad), at (Siya) ay hindi naglagay dito ng anumang kasahulan (o kamalian). 2. (Ginawa Niya ito na) Tuwid upang magbigay ng babala (sa mga hindi sumasampalataya) ng isang matinding kaparusahan mula sa Kanya, at upang magbigay ng Masayang Balita sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) na nagsisigawa ng kabutihan, na sa kanila ay may naghihintay na mainam na gantimpala (alalaong baga, ang Paraiso). 3. Magsisipanahan sila rito magpakailanman. 4. At upang bigyang babala (ang mga Hudyo, Kristiyano, at pagano) na nagsasabi: "Si Allah ay nagkaanak ng lalaki (o mga anak at mga supling)." 5. Sila ay walang kaalaman sa gayong bagay, gayundin ang kanilang mga ninuno. Makapangyarihan ang salita na nanggagaling sa kanilang bibig (alalaong baga, na Siya ay nagkaanak [o tumangkilik] ng mga anak na lalaki at babae). Sila ay wala nang ibang sinasabi maliban sa kasinungalingan.

6. Marahil, ikaw (O Muhammad), kung baga, wari bang nais mo na patayin ang iyong sarili dahilan sa dalamhati, sa ibabaw ng kanilang mga yapak (dahil sa kanilang pagtalikod sa iyo), sapagkat sila ay hindi naniniwala sa gayong pagpapahayag (ang Qur'an). 7. Katotohanang Aming nilikha ang mga nasa kalupaan bilang isang palamuti rito, upang Aming masubukan sila (sangkatauhan) kung sino sa kanila ang pinakamainam sa pag-uugali at gawa (alalaong baga, sila na gumagawa ng mabubuti sa pinakamahusay na paraan, na nangangahulugan na ang paggawa rito ay tanging sa Kapakanan ni Allah ng ayon sa mga legal na paraan ng Propeta). 8. At katotohanan, Aming magagawa na ang lahat

ng naririto (sa kalupaan) ay maging hubad at tigang na lupa (na walang anumang halamanan o punongkahoy, atbp.).

9· Napag-aakala mo ba na ang mga tao ng Yungib at ang Nakalimbag (ang balita o mga pangalan ng mga tao ng Yungib) ay kamangha-mangha sa gitna ng Aming mga Tanda? 10· (At gunitain) nang ang mga kabataang lalaki ay tumalilis tungo sa kaligtasan (mula sa mga tao na hindi sumasampalataya) sa Yungib, at sila ay nagsabi: "Aming Panginoon! Kami ay pagkalooban Ninyo ng Habag mula sa Inyong Sarili, at pagaanin Ninyo ang aming buhay (kalagayan) sa tamang landas!" 11· Kaya't Aming tinakpan ang kanilang pandinig (na nagdulot sa kanila na makatulog ng lubhang mahimbing) sa loob ng Yungib sa maraming taon. 12· At (pagkaraan) ay Aming ibinangon sila (sa kanilang pagkakatulog) upang Aming masubukan kung sino sa dalawang pangkat ang pinakamagaling sa pagsusulit kung gaano kahabang panahon na sila ay namalagi (sa Yungib).

13· Aming ipinahayag sa iyo (O Muhammad) ang kanilang kasaysayan sa katotohanan. Katotohanang sila ay mga kabataang lalaki na sumampalataya sa kanilang Panginoon (Allah), at Aming dinagdagan ang kanilang patnubay. 14· At Aming ginawa ang kanilang puso na maging matatag at malakas (na may liwanag ng Pananalig kay Allah at Aming iginawad sa kanila ang pagkamatiisin upang kanilang mabata ang pagiging hiwalay nila sa kanilang mga kamag-anak at tirahan, atbp.), nang sila ay tumindig at nagsabi: "Ang aming Panginoon ay Siyang Panginoon ng kalangitan at kalupaan, kailanman ay hindi kami tatawag sa anumang diyos maliban lamang sa Kanya; at kung kami ay gumawa ng gayon (paninikluhod sa mga diyus-diyosan), katotohanang

kami ay umusal ng isang mabigat na bagay sa kawalan ng pananalig. 15. Sila, na aming pamayanan, ay tumangkilik pa ng ibang diyos upang sambahin maliban pa sa Kanya (Allah). Bakit hindi sila magdala para sa kanila ng isang maliwanag na kapamahalaan? At sino pa kaya ang higit na gumagawa ng kamalian maliban sa kanya na gumagawa ng kasinungalingan laban kay Allah.

16. (Ang mga kabataang lalaki ay nagsabi sa isa't isa): "At kung kayo ay humiwalay sa kanila at sa kanilang sinasamba maliban pa kay Allah, kung gayon, kayo ay humanap ng kaligtasan sa Yungib, ang inyong Panginoon ay magbubukas ng daan para sa inyo mula sa Kanyang Habag at gagawin Niyang madali sa inyo ang inyong buhay (kalagayan, alalaong baga, Kanyang bibigyan kayo ng inyong ikabubuhay, tirahan, atbp.)."

17. At maaaring napagmalas ninyo ang araw, kung ito ay sumikat, na bumababa sa gawing kanan mula sa kanilang Yungib, at kung ito ay lumubog, ay lumalayo ito sa kanila sa gawing kaliwa, habang sila ay nasa gitna ng Yungib. Ito ang (isa) sa Ayat (mga katibayan, kapahayagan, tanda, aral, atbp.) ni Allah. Sinumang patnubayan ni Allah, siya ay tumpak na napapatnubayan; datapuwa't kung sinuman ang Kanyang iligaw, para sa kanya, kayo ay hindi makakatagpo ng Wali (namamatnubay na kaibigan) upang gabayan siya (sa Tuwid na Landas).

18. At inyong mapag-aakala na sila ay gising, samantalang sila ay natutulog. At Aming ibinibiling sila sa kanilang kanang bahagi at sa kanilang kaliwang bahagi (ng katawan), at ang kanilang aso ay nag-uunat ng kanyang dalawang binti sa bukana (ng Yungib o sa lugar na malapit sa pasukan ng

Yungib bilang isang tagapagbantay sa pasukan). At kung sila ay inyong pinagmasdan, katiyakang kayo ay tatalikod sa kanila na tumatalilis, at katiyakang kayo ay mapupuspos ng sindak sa kanila.

19. At gayundin, ay Aming ginising sila (sa kanilang mahaba at mahimbing na pagkakatulog) upang sila ay makapagtanong sa bawat isa. Ang isa sa tagapagsalita sa lipon nila ay nagsabi: "Gaano katagal na kayo ay namalagi (rito)?" Sila ay nagsabi: "(Marahil) kami ay namalagi lamang ng isang araw o bahagi ng isang araw." Sila ay nagsabi: "Ang inyong Panginoon (lamang) ang ganap na nakakaalam kung gaano katagal kayo namalagi (rito). Kaya't inyong papuntahin ang isa sa inyo na may dala nitong sensilyong pilak na galing sa inyo at hayaan ninyong hanapin niya kung ano ang mainam at pinahihintulutang pagkain, at siya ay magdala ng ilan sa mga ito sa inyo. At pagtagubilinan siya na maging maingat at huwag hayaan ang sinuman na makakilala sa inyo. 20. Sapagkat kung kayo ay kanilang makikilala, ay kanilang babatuhin kayo (hanggang mamatay o kanilang aabusuhin o sasaktan kayo), o kayo ay ibabalik nilang muli sa kanilang (lihis) na pananalig, at sa gayong pangyayari, kayo ay hindi magtatagumpay."

21. At ginawa Namin na ang kanilang naging katayuan ay maalaman ng mga tao, upang kanilang mabatid na ang pangako ni Allah ay tunay at walang maging pag-aalinlangan sa Oras (Araw ng Paghuhukom). (Gunitain) nang sila (na mga tao ng lungsod) ay magtalo-talo sa kanilang sarili tungkol sa kanilang naging kalagayan, sila ay nagsabi: "Magsipagtayo kayo ng gusali sa ibabaw nila, ang kanilang Panginoon ang higit na nakakaalam sa kanila," at sila na

nagwagi sa kanilang panukala ay nagsabi (mas higit marahil yaong mga hindi sumasampalataya): “Katotohanang kami ay magtatayo ng isang lugar ng pagsamba sa ibabaw nila.”

22. (Ang ilan) ay nagsasabi na sila ay tatlo, ang aso ay bilang pang-apat sa lipon nila; (ang iba) ay nagsasabi na sila ay lima, ang aso ay bilang pang-anim, na humuhula sa nalilingid; (ngunit ang mga iba) ay nagsasabi na sila ay pito, ang aso ay bilang pangwalo. Ipagbadya (O Muhammad): “Ang aking Panginoon ang ganap na nakakatalos ng kanilang bilang; walang nakakaalam sa kanila maliban sa ilan lamang.” Kaya’t huwag ninyong pagtalunan (ang kanilang bilang, atbp.), maliban (lamang) kung mayroong maliwanag na katibayan (na Aming ipinahayag sa iyo). At huwag kang sumangguni sa isa man sa kanila (mga tao ng Kasulatan, Hudyo at Kristiyano) ng tungkol sa naging buhay (naging kalagayan) ng mga tao ng Yungib. 23. At huwag kayong magsabi kailanman sa anumang (bagay), “Aking gagawin bukas ang ganito at gayong bagay.” 24. Maliban (na sabihin), “Kung pahihintulutan ni Allah!” At alalahanin mo ang iyong Panginoon kung ikaw ay nakalimot at magsabi: “Maaaring ang aking Panginoon ay mamamatnubay sa akin ng higit na malapit sa katotohanan kaysa rito.”

25. At sila ay namalagi sa kanilang Yungib ng tatlong daang taon (ayon sa solar na pagbilang), at magdagdag ng siyam (na taon, kung ang pagbilang ay ayon sa lunar na paraan). 26. Ipagbadya: “Si Allah ang higit na nakakaalam kung gaano sila katagal na namalagi. Siya ang nag-aangkin (ng karunungan) ng mga nalilingid sa kalangitan at kalupaan. Gaano Siya kaliwanag na nakakamalas at nakakarinig (ng lahat-lahat)! Sila ay walang Wali (Kawaksi, Tagapagpasya ng

mga pangyayari, Tagapangalaga, atbp.) maliban sa Kanya, at hindi Niya ginawaran ang sinuman na makihati sa Kanyang Pagpapasya at Kanyang Pamamahala."

27. At dalitin mo kung ano ang ipinahayag sa iyo (O Muhammad) sa Aklat (ang Qur'an) ng iyong Panginoon (alalaong baga, dalitin ito, unawain at sundin ang mga turo at tumugon sa pag-uutos nito at ipangaral sa mga tao). Walang sinuman ang makakapagpabago ng Kanyang mga Salita, at wala kayong matatagpuang kanlungan na iba pa sa Kanya. 28. At panatilihin mo ang iyong sarili (O Muhammad) sa pagtitiyaga na kasama ng mga tumatawag sa kanilang Panginoon (alalaong baga, ang iyong mga kasamahan na nakakaala-ala sa kanilang Panginoon ng may pagluwalhati, pagpupuri sa pagdarasal, atbp. at iba pang matutuwid na gawa, atbp.) sa umaga at hapon, na naghahanap sa Kanyang Mukha, at huwag hayaan ang iyong mga mata ay makaligta sa kanila, na naghahanap ng pagsasaya at kislap ng buhay sa mundo; at huwag mong sundin siya, na ang puso ay Aming ginawa na huwag makinig sa Aming Pagpapaala-ala, siya na sumusunod sa kanyang mga pagnanasa at sila na ang mga gawa ay nawala.

29. At ipagbadya: "Ang Katotohanan ay mula sa inyong Panginoon." At kung sinuman ang magnais, hayaan siyang manampalataya, at kung sinuman ang magnais, hayaan siyang huwag manampalataya. Katotohanang Aming inihanda sa Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano, buktot, tampalasan, atbp.), ang isang Apoy na ang mga dingding nito ay nakapalibot sa kanila (na mga walang pananalig sa Kaisahan ni Allah). At kung sila ay humingi ng tulong (ginhawa, tubig, atbp.), sila ay bibigyan ng tubig

na tulad ng kumukulong langis, na babanli sa kanilang mukha. Kakila-kilabot ang inumin dito at isang masamang Murtafaqa (paninirahan o pahingahang lugar, atbp.)!

30. Katotohanan, sa mga sumasampalataya at gumagawa ng kabutihan, katiyakang hindi Namin hahayaan na mawala ang gantimpala ng sinumang gumagawa ng kanyang (matutuwid) na gawa sa pinakamahusay na paraan. 31. At sa kanila, sila ay magtatamo ng Walang Hanggang Halamanan (Paraiso); na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy, dito sila ay papalamutihan ng mga pulseras na ginto, at sila ay magsusuot ng luntiang damit na pino at makapal na sutla. Sila ay magsisihilig doon sa mga nakataas na luklukan. Gaano kainam ang gantimpala, at isang kalugod-lugod na Murtafaqa (paninirahan o pahingahang lugar, atbp.)!

32. At ihantad sa kanila ang halimbawa ng dalawang tao; sa isa sa kanila ay nagkaloob Kami ng dalawang halamanan ng ubas, at kapwa ito ay pinalibutan Namin ng mga punong palmera (datiles), at naglagay kami sa pagitan nito ng mga mabubungkal (o masasaka) na bukid. 33. Ang bawat isa sa dalawang halamanan ay nagbigay ng kanyang ani, at hindi kailanman, kahit na kaunti, ito ay nagmaliw, at hinayaan Namin ang isang ilog na dumaloy dito sa (kanilang) pagitan. 34. At siya ay mayroong ari-arian (o bungangkahoy), at kanyang sinabi sa kanyang kasama, sa kahabaan ng magkapanabay na pag-uusap: "Ako ay higit na marami sa iyo sa kayamanan at higit na malakas kung pag-uusapan ang mga tao." 35. At siya ay pumaroon sa kanyang halamanan habang nasa kalagayan (ng kapalaluan at kawalang pananalig), at walang katarungan sa kanyang sarili. Siya ay nagsabi: "Hindi ako nag-aakala na ito ay

maglalaho sa akin. 36· At hindi ko inaakala na ang Oras (ng Paghuhukom) ay darating nga, at kung katotohanan na ako ay muling ibabalik sa aking Panginoon (sa Araw ng Muling Pagkabuhay), katiyakang ako ay makakatagpo ng higit na mainam pa rito kung ako ay magbalik sa Kanya."

37· Ang kanyang kasama ay nagsabi sa kanya sa kalaunan ng kanilang pag-uusap: "Ikaw baga ay hindi nananalig sa Kanya, na Siyang lumikha sa iyo mula sa alabok (alalaong baga, ang iyong ama na si Adan), at mula sa Nutfah (magkahalong patak ng semilya ng lalaki at babae), at ikaw ay hinubog bilang isang tao? 38· Datapuwa't kung sa aking sarili, (ako ay nananampalataya) na Siya si Allah, ang aking Panginoon, at walang anupaman ang aking iniaakibat bilang katambal sa aking Panginoon." 39· Ito ay higit na mainam para sa iyo na sabihin, kung ikaw ay makapasok na sa iyong halamanan: "Kung ano ang ninais ni Allah (ito ay matutupad)! Wala ng iba pang kapangyarihan maliban kay Allah. Kung ako ay iyong nakikita na gahol kaysa sa iyo sa kayamanan at mga anak, 40· Maaaring ang aking Panginoon ay magbibigay sa akin ng bagay na higit na mainam sa iyong halamanan, at magpapadala rito ng Husbah (kaparusahan, kidlat, atbp.) mula sa alapaap, kung gayon, ito ay magiging madulas na kalupaan, 41· O ang tubig kaya (sa halamanan) ay manunuot sa kailaliman (ng lupa) upang hindi mo kailanman mapaghanap ito."

42· Kaya't ang kanyang mga bungangkahoy ay napaligiran (ng pagkawasak). At siya ay nanatili sa pagpapalakpak ng kanyang mga kamay ng may kalungkutan dahilan sa kanyang mga ginugol dito, samantalang ang mga ito ay nawasak na lahat sa kanyang mga balag, at ang kanya lamang nasabi:

"Dapat sana ay hindi ako nag-akibat ng mga katambal sa aking Panginoon!" (Tafsir Ibn Kathir). 43. At wala siyang pangkat ng mga tao na makakatulong sa kanya laban kay Allah, gayundin naman, ay hindi niya maipagtatanggol o maililigtas ang kanyang sarili. 44. At doon, (sa Araw ng Muling Pagkabuhay), ang pangangalaga, kapangyarihan, kapamahalaan at kaharian ay tanging kay Allah (lamang), ang Tunay na Diyos. Siya (Allah) ang Pinakamainam sa gantimpala at Pinakamainam na huling hantungan. (La ilaha ill Allah, Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah).

45. At ihantad sa kanila ang halimbawa ng buhay sa mundong ito; ito ay katulad ng tubig (ulan) na Aming ipinanaog mula sa alapaap, at ang halamanan ng kalupaan ay sumanib sa kanya, at naging sariwa at luntian. Datapuwa't (sa bandang huli), ito ay naging tuyo at nadurog sa mga piraso na ikinakalat ng hangin. At si Allah ay Makakagawa ng lahat ng bagay. 46. Ang kayamanan at mga anak ay palamuti sa buhay sa mundong ito. Datapuwa't ang mabuti at matuwid na mga gawa (ang limang takdang panalangin, mga gawa ng pagsunod kay Allah, mapitagang pag-uusap, pag-aala-ala kay Allah nang may pagluwalhati, papuri at pasasalamat, atbp.) na nagtatagal ay higit na mabuti sa Paningin ng iyong Panginoon kung sa gantimpala, at higit na mainam kung patungkol sa pag-asa.

47. At (alalahanin) ang Araw na Aming papapangyarihin na ang kabundukan ay maguho (na tulad ng ulap ng alikabok), at inyong makikita ang kalupaan na tulad ng pinatag na lupa, at sila ay Aming titipunin ng sama-sama upang walang maiwan kahit na isa. 48. At sila ay itatambad

sa harapan ng iyong Panginoon sa mga hanay, (at si Allah ay magpapahayag): "Ngayon, katotohanang kayo ay dumatal sa Amin na katulad ng paglikha Namin sa inyo noong una. Hindi, datapuwa't inyong inakala na Kami ay hindi nagtakda ng inyong pakikipagtipan (sa Amin)."

49. At ang Aklat (ang Talaan ng bawat isa) ay ilalagay (sa kanang kamay ng isang sumasampalataya sa Kaisahan ni Allah, at sa kaliwang kamay ng hindi nananampalataya sa Kaisahan ni Allah), at inyong mapagmamalas ang Mujrimun (mga kriminal, makasalanan, mapagsamba sa diyus-diyosan, atbp.) na natatakot sa anumang (nakasulat) dito. Sila ay magsasabi: "Kasawian sa amin! Anong uri ng Aklat ito na hindi nakaligta ng anuman maging ng maliit o malaking bagay, datapuwa't nagtala ito sa maraming bilang!" At kanilang matatagpuan (dito) ang lahat ng kanilang ginawa na inihantad sa kanilang harapan, at ang inyong Panginoon ay hindi nakikitungo sa sinuman ng walang katarungan.

50. At (gunitain) nang Aming wikain sa mga anghel; "Magpatirapa kayo kay Adan." Kaya't sila ay nagpatirapa maliban kay Iblis (isa sa mga Jinn na kasama ng mga anghel). Siya ay isa sa mga Jinn, siya ay sumuway sa Pag-uutos ng Kanyang Panginoon. Inyo bagang tatangkilikin siya (Iblis) at ang kanyang kampon (mga anak) bilang mga tagapagtanggol at kawaksi kaysa sa Akin, samantalang sila ay mga kaaway sa inyo. Anong kasamaan ang kapalit sa Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian, atbp.)?

51. Ako (Allah) ang nagpapangyari sa kanila (si Iblis at ang kanyang mga supling) na huwag makasaksi (gayundin,

ang hingin ang kanilang tulong) sa paglikha ng kalangitan at kalupaan (at maging) ang kanilang sariling pagkalikha, gayundin, Ako (Allah) ay hindi kukuha sa mga mapangligaw (sa katotohanan) bilang mga kawaksi.

52. At (alalahanin) ang Araw na Siya ay magpapahayag: "Tawagin ninyo ang mga iniaakibat ninyong katambal sa Akin na inyong pinananaligan." At sila ay magsisitaghoy sa kanila (mga diyus-diyosan), datapuwa't sila ay hindi sasagot sa kanila, at Kami ay maglalagay ng Maubiqa (isang sagka, o pagkagalit, o pagkawasak, o isang Lambak ng Impiyerno) sa kanilang pagitan. 53. At ang Mujrimun (mga kriminal, mapagsamba sa diyus-diyosan, makasalanan, atbp.) ay makakatunghay sa Apoy at kanilang mahihinuha na sila ay mahuhulog dito. At sila ay hindi makakatagpo ng paraan upang makatakas dito.

54. At katotohanang Kami ay nagtambad ng lahat ng uri ng halimbawa sa Qur'an para sa sangkatauhan. Datapuwa't ang tao ay lagi, at higit na palaaway kaysa sa anumang (nilikha) . 55. At walang anuman ang makakahadlang sa mga tao upang manampalataya, ngayong ang Patnubay (ang Qur'an) ay dumatal na sa kanila at sa paghingi ng Kapatawaran mula sa kanilang Panginoon, malibang ang mga paraan ng panahong sinauna ay muling mangyari sa kanila (alalaong baga, ang kapinsalaan at pagkawasak na itinakda ni Allah), o ang Kaparusahan ay itambad sa kanila nang harapan?

56. At hindi Kami nagsugo ng mga Tagapagbalita maliban na sila ay tagapagbigay ng Masayang Balita at tagapagbabala. Datapuwa't sila na hindi sumasampalataya ay nakikipagtalo ng may kabulaanang pangangatwiran upang kanilang masalansang ang Katotohanan dito. At

kanilang itinuturing ang Aking Ayat (mga katibayan, kapahayagan, tanda, aral, atbp.) at sa bagay na sila ay binibigyang babala (alalaong baga, ang Gantimpala o Kaparusahan sa Kabilang Buhay) bilang isang pagsasaya at panunuya (lamang)! 57. At sino pa kaya ang higit na nasa kamalian kaysa sa kanya na pinapaalalahanan ng Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.) ng kanyang Panginoon, datapuwa't tumatalikod dito na nakakalimot kung anong (mga gawa) ang inihantong ng kanyang mga kamay. Katotohanang Kami ay naglapat ng lambong sa kanilang puso, kung hindi, sila ay makakaunawa rito (sa Qur'an), at sa kanilang tainga, ng pagkabingi. At kung ikaw (O Muhammad) ay manawagan sa kanila sa patnubay, magkagayunman, sila ay hindi mapapatnubayan.

58. At ang iyong Panginoon ang Pinakamapagpatawad, ang Nag-aangkin ng Habag. Kung Siya ay tatawag sa kanila upang ipagsulit ang kanilang kinita, kung gayon, katotohanang Kanyang mamadaliin ang kanilang kaparusahan. Datapuwa't mayroon silang natataningang panahon, na pagsapit nito, sila ay hindi makakatagpo (ng landas) upang makatakas. 59. At ang mga bayang ito (ang pamayanan ni A'ad, Thamud, atbp.), sila ay Aming winasak nang sila ay gumawa ng kamalian. At Kami ay nagtakda ng taning na panahon tungo sa kanilang pagkawasak.

60. At (gunitain) nang sabihin ni Moises sa kanyang katulong na lalaki: "Ako ay hindi susuko (sa paglalakbay) hanggang aking marating ang salikop ng dalawang dagat o (hanggang) gugulin ko ang maraming taon ng paglalakbay." 61. Datapuwa't nang kanilang marating ang salikop ng dalawang Dagat, nalimutan nila ang kanilang isda, at ito ay

nanalunton (ng kanyang daan) sa dagat na tila isang guwang (lagusan sa ilalim ng lupa). 62. Kaya't nang sila ay makaraan, na lampas (sa gayong takdang lugar), si Moises ay nagsabi sa kanyang katulong na lalaki: "Dalhin mo sa amin ang aming almusal; katotohanang tayo ay nagtamo ng malaking pagod dito sa ating paglalakbay."

63. Siya (ang katulong na lalaki) ay nagsabi: "Hindi mo ba naala-ala nang tayo ay tumahan at magpahinga sa batuhan? Katotohanang aking nakalimutan ang isda, wala ng iba maliban kay Satanas ang nagpapangyari upang malimutan ko ito. Ito ay tumahak sa dagat sa kamangha-manghang (paraan)!" 64. Si Moises ay nagsabi: "Iyan ang ating hinahanap." Kaya't sila ay nagbalik at tinalunton nila ang bakas ng kanilang yapak. 65. At kanilang natagpuan ang isa sa Aming mga alipin, na sa kanya ay ipinagkaloob Namin ang Habag mula sa Amin, at siya ang Aming tinuruan ng karunungan mula sa Amin.

66. Si Moises ay nangusap sa kanya (Khidr), "Maaari ba akong sumunod sa iyo upang ako ay maturuan mo sa gayong bagay ng Karunungan (Patnubay at Tamang Landas), na itinuro sa iyo (ni Allah)?" 67. Siya (Khidr) ay nagsabi: "Katotohanang ikaw ay hindi makakapagpasensiya sa akin! 68. At paano ka (Moises) magkakaroon ng pagtitiyaga tungkol sa bagay na hindi mo nalalaman?" 69. Si Moises ay nagsabi: "Kung pahihintulutan ni Allah, iyong makikita ako na matiyaga at sa anumang bagay ay hindi kita susuwayin." 70. Siya (Khidr) ay nagsabi: "Kung gayon, kung ikaw ay susunod sa akin, huwag kang magtanong sa akin ng anuman hangga't hindi ako ang magsasabi sa iyo."

71. Kaya't sila ay kapwa nagpatuloy hanggang nang sila ay

nasa loob na ng barko, kanyang (Khidr) binutasan ang barko. Si Moises ay nagsabi: "Binutasan mo ba ito upang malunod ang kanyang mga sakay?" Katotohanang ikaw ay gumawa ng Imra, isang Munkar (masama, buktot, kalagim-lagim, buhong) na bagay." 72. Siya (Khidr) ay nagsabi: "Hindi baga sinabi ko na sa iyo na ikaw ay hindi makakapagpasensiya sa akin?" 73. (Si Moises) ay nagsabi: "Huwag mo akong papanagutin sa bagay na aking nakalimutan at huwag kang maging mahigpit sa akin dahil sa aking ikinikilos (sa iyo)." 74. At sila ay kapwa nagpatuloy hanggang sa kanilang makatagpo ang isang batang lalaki, kanyang (Khidr) pinatay siya. Si Moises ay nangusap: "Iyong pinatay ang isang walang kasalanang tao, (hindi ba't) wala naman siyang pinatay? Katotohanang ikaw ay gumawa ng isang Nukra, isang Munkar (ipinagbabawal, masama, kakila-kilabot na bagay, kabuktutan)!"

75. (Si Khidr) ay nagsabi: "Hindi baga sinabi ko na sa iyo na ikaw ay hindi makakapagpasensiya sa akin?" 76. (Si Moises) ay nagsabi: "Kung ako ay magtanong pa sa iyo ng anuman pagkatapos nito, huwag mo na akong isama sa iyong pangkat, ikaw ay nakatanggap ng isang dahilan mula sa akin." 77. At sila ay kapwa nagpatuloy hanggang nang sila ay dumating sa pamayanan ng isang bayan, sila ay nanghingi sa kanila ng pagkain, datapuwa't sila ay tumanggi na asikasuhin sila. At kanilang natagpuan dito ang isang dingding (o bakod) na halos guguho na at kanyang (Khidr) itinindig ito nang maayos at tuwid. (Si Moises) ay nangusap: "Kung iyong ninais, katiyakang maaari kang humingi ng kabayaran para rito!" 78. (Si Khidr) ay nagsabi: "Ito na (ang sandali) ng ating paghihiwalay, aking sasabihin sa iyo ang

kahulugan ng mga (gayong) bagay na hindi ka makatiis na huwag mag-usisa.

79. Tungkol sa barko, ito ay pag-aari ng mga mahihirap na tao na nagtatrabaho sa dagat, kaya't aking ninais na magkaroon ng kasiraan dito (barko), sapagkat may isang hari na nagtatangka sa kanila na kunin ang lahat ng barko nang puwersahan (sapilitan).

80. At tungkol sa batang lalaki, ang kanyang mga magulang ay nananampalataya, at kami ay nangangamba na kanyang apihin sila sa pamamagitan ng kanyang kalapastanganan at kawalan ng pananalig. 81. Kaya't aming ninais na ang kanilang Panginoon ay palitan siya (batang lalaki) para sa kanila ng isang higit na mainam (na anak) sa kabutihan at katuwiran at malapit sa Habag.

82. At tungkol sa dingding (o bakod), ito ay pag-aari ng dalawang batang lalaki na naulila sa kanilang bayan; at mayroon sa ilalim nito na isang kayamanan na nararapat sa kanila; at ang kanilang ama ay isang matuwid na tao, at ang iyong Panginoon ay nagnais na kanilang sapitin ang wastong gulang at lakas upang kanilang makuha ang kayamanan bilang isang biyaya mula sa iyong Panginoon. At ito ay hindi ko ginawa sa aking sariling kagustuhan. Ito ang kahulugan ng gayong (mga bagay) na hindi ka makatiis na hindi mag-usisa."

83. At sila ay nagtatanong sa iyo tungkol kay Dhul-Qarnain. Ipagbadya: "Aking isasalaysay sa inyo ang ilang bahagi ng kanyang kasaysayan." 84. Katotohanang Aming itinindig siya sa kalupaan at siya ay Aming binigyan ng ikadadali ng lahat ng bagay (maging maginhawa).

85. At siya ay sumunod sa isang daan, 86. Hanggang nang

kanyang sapitin ang lugar ng paglubog ng araw ay kanyang natagpuan ito na nakalubog sa dalisdis ng maitim at maburak (o mainit) na tubig. At siya ay nakatagpo sa malapit dito ng isang pamayanan. Kami (Allah) ay nagsabi (sa kanya) sa pamamagitan ng inspirasyon: "O Dhul-Qarnain! Sila ay maaari mong parusahan, o pakitunguhan sila ng kabaitan."
87. Siya (Dhul-Qarnain) ay nagsabi: "At sa kanya (isang hindi nananalig sa Kaisahan ni Allah) na gumagawa ng kamalian, siya ay Aming parurusahan; at pagkaraan, siya ay ibabalik sa kanyang Panginoon na Siyang magpaparusa sa kanya ng isang kakila-kilabot na kaparusahan (Impiyerno).
88. Datapuwa't siya na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at gumagawa ng katuwiran, sasakanya ang pinakamainam na gantimpala (Paraiso), at kami (Dhul-Qarnain) ay mangungusap sa kanya nang mabanayad na mga salita (bilang mga pag-uutos)."
89. At siya ay sumunod sa ibang landas, 90. Hanggang nang siya ay sumapit sa sinisikatan ng araw ay kanyang natagpuan ito na sumisikat sa mga tao na hindi Namin (Allah) pinagkalooban ng masisilungan laban sa (sikat) ng araw. 91. Kaya't (gayon nga)! At batid Namin ang lahat-lahat sa kanya (Dhul-Qarnain).
92. At siya ay sumunod (sa ibang) landas, 93. Hanggang nang kanyang marating ang pagitan ng dalawang bundok, kanyang natagpuan na malapit sa mga ito (dalawang bundok) ang mga tao na halos ay walang nauunawaang salita. 94. Sila ay nagsabi: "O Dhul-Qarnain! Katotohanang si Gog at Magog ay gumagawa ng malaking kabuktutan sa kalupaan. Kami baga ay magbabayad sa iyo ng buwis (o

pagkilala) upang ikaw ay magtayo ng isang sagka sa pagitan namin at nila?"

95. Siya ay nagsabi: "Yaong (kayamanan, kapamahalaan at kapangyarihan) na itinatag sa akin ng aking Panginoon ay higit na mainam (sa inyong buwis o pagkilala). Kaya't inyong tulungan ako ng lakas (ng mga tao), ako ay magtatayo ng sagka sa pagitan ninyo at nila. 96. Ako'y bigyan ninyo ng mga piraso ng bakal; at nang mapuno na niya ang puwang sa pagitan ng dalawang bangin ng bundok, siya ay nagsabi: "(Inyong) hipan". Hanggang nang magawa niya ito (na kasimpula ng) apoy, siya ay nagsabi: "Inyong bigyan ako ng lusaw na tanso upang ibuhos sa ibabaw nito." 97. Kaya't sila (Gog at Magog) ay nawalan ng lakas na akyatin ito o humukay sa kapal nito. 98. (Si Dhul-Qarnain) ay nagsabi: "Ito ay isang habag mula sa aking Panginoon, datapuwa't kung ang pangako ng aking Panginoon ay dumatal, ito ay Kanyang papatagin na kapantay ng lupa. At ang pangako ng aking Panginoon ay nananatiling tunay."

99. At sa Araw na yaon (alalaong baga, ang Araw na si Gog at Magog ay hahantad), sila ay Aming hahayaan na rumagasa sa isa't isa na tulad ng mga alon, at ang Tambuli ay hihipan, at sila ay Aming titipunin nang sama-sama. 100. At sa Araw na yaon ay Aming itatambad ng lantad ang Impiyerno sa mga hindi sumasampalataya. 101. At sila, na ang mga mata ay nasa ilalim ng lambong ng Aking Tagubilin (ang Qur'an) at hindi makatagal na mapakinggan (ito);

102. Sila ba na hindi sumasampalataya ay nag-aakala na kanilang makukuha ang Aking mga alipin (alalaong baga, ang mga anghel, ang mga Tagapagbalita ni Allah, si Hesus na anak ni Maria, atbp.) bilang Auliya (mga panginoon, diyos,

tagapagtanggol, atbp.) maliban sa Akin? Katotohanang Kami ay naghanda ng Impiyerno bilang isang pang-aliw sa mga hindi sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam).

103. Ipagbadya (O Muhammad): "Amin (Allah) bagang babanggitin sa iyo kung sino ang pinakatalunan kung ito ay tungkol sa (kanilang) mga gawa?" 104. Sila nga, na ang kanilang pagsisikhay ay nasayang lamang sa buhay sa mundong ito habang sila ay nag-aakala na sila ay magkakamit ng kabutihan sa pamamagitan ng kanilang mga gawa? 105. Sila nga ang nagtatatwa sa Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.) ng kanilang Panginoon at ng pakikipagtipan sa Kanya (sa Kabilang Buhay). Kaya't ang kanilang mga gawa ay walang katuturan at sa Araw ng Muling Pagkabuhay, Kami ay hindi magbibigay sa kanila ng anumang pagpapahalaga. 106. Ito ang kanilang magiging kabayaran, ang Impiyerno; sapagkat sila ay hindi nagsisampalataya at nagturing sa Aking Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.) at sa Aking mga Tagapagbalita bilang isa lamang paraan ng pagsasaya at panunuya.

107. Katotohanan, sila na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at nagsisigawa ng kabutihan ay magkakaroon ng Halamanan ng Al-Firdaus (Paraiso) tungo sa kanilang kaaliwan. 108. Na rito, sila ay magsisipanahan (magpakailanman). Walang anumang pagnanais ang hindi nila makakamtan dito.

109. Ipagbadya (O Muhammad sa sangkatauhan): "Kung ang karagatan ay mga tinta (na ipangsusulat) sa mga Salita ng aking Panginoon, katotohanan, ang karagatan ay masasaid

bago ang mga Salita ng aking Panginoon ay masaid, kahit na nga Kami ay muli pang gumawa (ng isa pang dagat) na katulad nito bilang pandagdag."

110. Ipagbadya (O Muhammad): "Ako ay isa lamang tao na katulad ninyo. Ito ay ipinahayag sa akin, na ang inyong Ilah (Diyos) ay isang Ilah (Diyos, alalaong baga, si Allah). Kaya't kung sinuman ang umaasam sa pakikipagtipan sa kanyang Panginoon, hayaan siyang gumawa ng katuwiran at kabutihan at huwag siyang mag-akibat ng anumang katambal sa pagsamba sa kanyang Panginoon."

Surah 19 • Maryam

Maria

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. *Kaf, Ha, Ya, Ain, Sad* (mga titik Ka, Ha, Ya, A, Sa).

2. (Ito ay) isang pagbanggit sa habag ng iyong Panginoon sa Kanyang aliping si Zakarias. 3. Nang siya ay manikluhod sa kanyang Panginoon (Allah); isang panawagan sa lihim, 4. Na nagsasabi: "Aking Panginoon! Katotohanan, ang aking mga buto ay nagsisiurong na at ang puting buhok ay nakakalat na sa aking ulo, at ako kailanman ay hindi nawalan ng tugon sa aking panambitan sa Inyo, O aking Panginoon! 5. At katotohanan, pinangangambahan ko ang aking mga kamag-anak na susunod sa akin sapagkat ang aking asawa ay baog. Kaya't ako ay pagkalooban Ninyo mula sa Inyong sarili ng isang tagapagmana, - 6. Na susunod sa aking yapak

at magmamana rin sa lahi ni Hakob (ang pagmamana ng karunungang pangrelihiyon at Pagka-propeta, at hindi sa kayamanan, atbp.). At (Inyong) gawin siya, aking Panginoon, bilang isa na Inyong tunay na kalulugdan!"

7. (Si Allah ay nagwika): "O Zakarias! Katotohanang Kami ay nagbibigay sa iyo ng isang masayang balita ng isang anak na lalaki, ang kanyang pangalan ay tatawaging Juan. Hindi Kami nagbigay kaninuman ng gayong pangalan." 8. Siya ay nagsabi: "Aking Panginoon! Paano ako magkakaroon ng isang anak na lalaki kung ang aking asawa ay baog, at ako ay sumapit na sa lubhang matandang gulang."

9. Siya (Allah) ay nagwika: "Mangyari nga (at ito ay magaganap)! Ang iyong Panginoon ang nagpapahayag; ito ay magaan lamang sa Akin. Katiyakang ikaw ay Aking nilikha ng ikaw ay mula pa sa wala!" 10. (Si Zakarias) ay nagsabi: "Aking Panginoon. Magtakda Kayo sa akin ng isang Tanda." Siya (Allah) ay nagwika: "Ang iyong tanda ay mangyayari na ikaw ay hindi makakapangusap sa sangkatauhan sa loob ng tatlong gabi, kahima't ikaw ay walang anumang kapansanan sa iyong katawan." 11. At siya ay lumantad sa kanyang mga tao mula sa Al-Mihrab (isang lugar ng pagdarasal o pribadong silid, atbp.), siya ay nagsabi sa kanila sa pamamagitan ng senyas na ipagbunyi ang pagpaparangal kay Allah ng mga papuri sa umaga at sa hapon.

12. (At ito ang ipinagtagubilin sa kanyang anak na lalaki): "O Juan! Manangan kang maigi sa Kasulatan (Torah, ang mga Batas)." At Aming pinagkalooban siya ng karunungan habang siya ay bata pa. 13. At (pinapangyari Namin, na siya) ay maging may pagmamalasakit sa mga tao bilang isang habag (o paglingap) mula sa Amin, at dalisay sa mga

kasalanan (alalaong baga, si Juan), at siya ay isang matuwid,
14. At masunurin sa kanyang magulang, at siya ay hindi palalo o palasuway (kay Allah o sa kanyang magulang).
15. At Salamun (Kapayapaan) sa kanya sa araw na siya ay ipinanganak, sa araw na siya ay mamamatay, at sa araw na siya ay muling ibabangon sa pagkabuhay!

16. At banggitin sa Aklat (sa Qur'an, O Muhammad ang kasaysayan) ni Maria, nang siya ay humiwalay (muna) at mapag-isa (na malayo) sa kanyang pamilya sa isang lugar sa gawing silangan. 17. Siya ay naglagay ng lambong (upang pangalagaan ang kanyang sarili) sa kanila; at Aming isinugo sa kanya ang Aming Ruh (ang Anghel na si Gabriel), at siya ay tumambad sa harap niya sa anyo ng isang ganap na tao.
18. Siya (Maria) ay nagsabi: "Katotohanang ako ay humihingi ng kaligtasan mula sa Pinakamapagbigay (Allah) [laban] sa iyo, kung ikaw ay may pangangamba kay Allah." 19. (Ang Anghel) ay nagpahayag: "Ako ay isa lamang Tagapagbalita mula sa iyong Panginoon, (upang ibalita) sa iyo ang handog ng isang matuwid na anak na lalaki." 20. Siya (Maria) ay nagsabi: "Paano ako magkakaroon ng anak na lalaki gayong wala pang lalaki ang nakasaling sa akin, gayundin, ako ay isang malinis (na babae)?" 21. Siya (Gabriel) ay nagpahayag: "Mangyari nga (at ito ay magaganap)", ang iyong Panginoon ang nagwika: "Ito ay magaan sa Akin (Allah): At (nais Namin) na italaga siya (anak na lalaki) bilang isang Tanda sa sangkatauhan at isang Habag mula sa Amin (Allah), at ito ay isang bagay (na napagpasyahan na) sa pag-uutos (ni Allah)."

22. At siya ay nagdalangtao sa kanya, at siya ay pumaroon na kasama niya (ang kanyang dinadala sa kanyang

sinapupunan) sa isang malayong lugar (alalaong baga, sa Bethlehem, na mga apat hanggang anim na milya mula sa Herusalem). 23. At ang sakit ng panganganak ay nagsadlak sa kanya sa tabi ng puno ng palmera (datiles). Siya ay nangusap: "Sana'y namatay na lamang ako bago ito nangyari sa akin, at nakalimutan at naglaho sa (kaninumang) paningin!" 24. At (ang sanggol na si Hesus, o si Gabriel) ay nangusap sa kanyang paanan na nagsasabi: "Huwag kang manimdim! Ang iyong Panginoon ay nagkaloob ng isang dalisdis ng tubig sa iyong ibaba (paanan); 25. At iyong ugain ang puno ng palmera (datiles) sa iyong harapan, at dito ay malalaglag ang mga sariwa at hinog na bunga para sa iyo. 26. Kaya't kumain ka at uminom at maging masaya, at kung ikaw ay makakatagpo ng sinumang tao, iyong sabihin: "Katotohanang ako ay nagtalaga ng pag-aayuno sa Pinakamapagbigay (Allah), kaya't ako ay hindi makikipag-usap sa sinumang tao sa araw na ito."

27. At kanyang dinala siya (ang sanggol) sa kanyang pamayanan na kanyang kilik. Sila ay nagsabi: "O Maria! Katotohanang ikaw ay nagdala ng isang bagay na Fariyya (isang hindi naririnig na pambihirang bagay). 28. O kapatid na babae ni Aaron (hindi si Aaron na kapatid ni Moises, datapuwa't isa ring butihing lalaki sa panahon ni Maria)! Ang iyong ama ay isang tao na hindi gumagawa ng pangangalunya, gayundin ang iyong ina ay hindi isang maruming babae."

29. At siya (Maria) ay tumuro sa kanya. Sila ay nagsabi: "Paano kami makikipag-usap sa kanya na isang sanggol pa sa kanyang duyan?" 30. Siya (Hesus) ay nagpahayag: "Katotohanang ako ay isang alipin ni Allah, ako ay Kanyang

binigyan ng Kasulatan at ako ay hinirang Niya na isang propeta; 31. At ginawa Niya na nabibiyayaan ako saan man ako naroroon, at nagtagubilin sa akin sa pagdarasal, at Zakah (katungkulang kawanggawa), habang ako ay nabubuhay, 32. At maging masunurin sa aking ina, at (Kanyang) ginawaran ako na huwag maging palalo at mawalan ng pagtingin ng pasasalamat; 33. Kaya't Salam (Kapayapaan) ang sumaakin sa araw na ako ay ipinanganak, sa araw na ako ay mamamatay, at sa araw na ako ay muling ibabangon sa pagkabuhay!"

34. Ito si Hesus, ang anak ni Maria, (ito ay) isang pahayag ng katotohanan, na rito sila ay nag-aalinlangan (o nagsisipagtalo-talo). 35. Hindi isang katampatan (sa Kamahalan ni) Allah na Siya ay magkaanak ng isang lalaki (ito ay tungkol sa paninirang puri ng mga Kristiyano laban kay Allah sa pagsasabi na si Hesus ay anak ni Allah). Tunay Siyang Maluwalhati (at Kataas-taasan sa lahat ng kanilang mga itinatambal sa Kanya). Kung Siya ay magtakda ng isang bagay, Siya ay magwiwika lamang ng "Mangyari nga" at ito ay magaganap.

36. (Si Hesus ay nagsabi): "At katotohanang si Allah ang aking Panginoon at inyong Panginoon. Kaya't (tanging) sambahin Siya. Ito ang Tuwid na Landas (ang Relihiyon ni Allah, ang Islam na Kanyang ipinag-utos sa lahat ng Kanyang mga Propeta). 37. At ang mga sekta ay nagkaiba-iba (alalaong baga, ang mga Kristiyano tungkol kay Hesus), kaya't kasawian sa mga hindi sumasampalataya (sila na nagbibigay ng mga huwad na pagsaksi sa pagsasabi na si Hesus ay anak ni Allah), sa Pakikipagtipan ng Dakilang Araw (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay,

kung kailan sila ay ihahagis sa naglalagablab na Apoy). 38. Gaano kaliwanag na kanilang (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at walang pananalig sa Kaisahan ni Allah) mamamalas at maririnig, sa Araw na sila ay haharap na sa Amin! Datapuwa't ang Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian, tampalasan, buhong, atbp.) sa ngayon ay nasa lantad na kamalian.

39. At sila ay iyong bigyan ng babala (O Muhammad), ng Araw ng Dalamhati at Pagsisisi, kung ang pangyayari ay napagpasyahan na, habang (sila ngayon) ay nasa kalagayan nang pagwawalang bahala at sila ay hindi sumasampalataya. 40. Katotohanang Kami ang magmamana sa kalupaan at anumang naroroon, at sa Amin ang kanilang pagbabalik.

41. At banggitin sa Aklat (ang Qur'an) si Abraham. Tunay ngang siya ay isang tao ng katotohanan, isang Propeta. 42. Nang kanyang sabihin sa kanyang ama: "O aking ama! Bakit ninyo sinasamba yaong hindi nakakarinig, at hindi nakakakita, gayundin ay hindi makakapagbigay sa inyo ng anuman? 43. O aking ama ! Katotohanang may dumatal sa akin na karunungan na hindi sumapit sa inyo. Kaya't ako ay inyong sundin, kayo ay aking gagabayan sa Matuwid na Landas. 44. O aking ama! Huwag ninyong sambahin si Satanas. Katotohanang siya ay isang mapaghimagsik laban sa Pinakamapagbigay (Allah). 45. O aking ama ! Katotohanang ako ay nangangamba, baka mangyari, na ang Kaparusahan ng Pinakamapagbigay (Allah) ay mabunsod sa inyo, at kayo ay magiging kasamahan ni Satanas (sa Apoy ng Impiyerno)."

46. Siya (ang ama ni Abraham) ay nangusap: "Ikaw baga ay nagtatakwil sa aking mga diyos, O Abraham? Kung ikaw ay

hindi titigil (dito), katotohanang ikaw ay aking babatuhin. Kaya't lumayo ka sa akin habang ikaw ay ligtas, bago pa kita ay maparusahan." 47. Si Abraham ay nagsabi: "Ang kapayapaan ay sumainyo! Ako ay hihingi ng Kapatawaran para sa inyo mula sa aking Panginoon. Katotohanang Siya ay lagi nang sa akin ay Pinakamapagbigay. 48. At ako ay tatalikod sa inyo sa lahat ng inyong pinananalanginan maliban pa kay Allah. At ako ay maninikluhod sa aking Panginoon; at ako ay umaasam na hindi mabibigo sa biyaya ng aking panawagan sa aking Panginoon." 49. Kaya't nang siya ay tumalikod sa kanila at sa kanilang mga sinasamba maliban pa kay Allah, ay Aming ipinagkaloob sa kanya si Isaac at Hakob, at ang bawat isa sa kanila ay Aming hinirang na Propeta. 50. At ipinagkaloob Namin sa kanila ang Aming Habag (isang masaganang biyaya at ikabubuhay), at iginawad Namin sa kanila ang karangalan sa mga dila (ng lahat ng mga bansa o pamayanan, alalaong baga, ang bawat isa ay nakakaala-ala sa kanila na may magagandang papuri).

51. At banggitin sa Aklat (ang Qur'an) si Moises. Katotohanang siya ay hinirang, siya ay isang Tagapagbalita, (at) isang Propeta. 52. At Aming tinawag siya sa kanang bahagi ng Bundok, at Aming pinahintulutan siya na makalapit sa Amin tungo sa isang pakikipag-usap sa kanya (Moises). 53. At ipinagkaloob Namin sa kanya ang kanyang kapatid na lalaki na si Aaron, (na isa ring) propeta, mula sa Aming Habag.

54. At banggitin sa Aklat (ang Qur'an) si Ismail. Katotohanang siya ay tapat sa kanyang pangako, siya ay isang Tagapagbalita, (at) isang Propeta. 55. At siya ay palagi nang nagtatagubilin sa kanyang pamilya at sa kanyang

pamayanan ng As-Salah (alalaong baga, nag-uutos sa kanila na mag-alay ng dasal nang mahinusay), at ng Zakah (alalaong baga, ang magbayad ng katungkulang kawanggawa), at ang kanyang Panginoon ay nalulugod sa kanya. 56. At banggitin sa Aklat (ang Qur'an) si Idris (Enoch). Katotohanang siya ay isang tao ng katotohanan, (at) isang Propeta. 57. At Aming itinanghal siya sa mataas na himpilan.

58. Sila nga ang pinagkalooban ni Allah ng Kanyang Biyaya sa lipon ng mga propeta, mula sa mga supling ni Adan, at sila na Aming tinangkilik (sa Barko o Arko) na kasama ni Noe, at sa mga supling ni Abraham at Israel, at mula sa lipon na Aming pinatnubayan at hinirang. Kung ang mga Talata (ng kapahayagan) ng Pinakamapagbigay (Allah) ay dinadalit sa kanila, sila ay nangangayupapa sa pagpapatirapa at pagtangis.

59. At may sumunod sa kanila na mga sali't saling lahi na nagpabaya sa kanilang pagdalangin (alalaong baga, hinayaan nila ang kanilang pagdarasal na mawalan ng saysay, maaaring ito ay hindi pag-aalay ng dasal o hindi pag-aalay nito nang ganap at mahinusay o wala sa takdang oras, atbp.), at sumunod sa (kanilang) mga pagnanasa (mga buktot na gawain at pag-iimbot). Kaya't sila ay ihahagis sa Impiyerno. 60. Maliban sa kanila na nagtitika at sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Kanyang Tagapagbalitang si Muhammad), at nagsisigawa ng kabutihan. Sila nga ang papasok sa Paraiso at sila ay hindi bibigyan ng kamalian (o kawalan ng katarungan), kahit na katiting.

61. (Sila ay magsisipasok) sa Walang Hanggang Halamanan (Paraiso), na ipinangako sa Lingid ng Pinakamapagbigay (Allah) sa Kanyang mga alipin. Katotohanan, ang Kanyang

pangako ay magaganap! 62. Sila ay hindi makakarinig dito (sa Paraiso) ng anumang walang saysay na pag-uusap, bagkus ay Salam lamang (ang pagbati ng Kapayapaan). At sasakanila rito ang panustos na ikabubuhay sa umaga at sa hapon. 63. Ito ang Paraiso na Aming ipagkakaloob bilang isang pamana sa kanila na Aming mga alipin na naging Al-Muttaqun (alalaong baga, mga matimtiman at banal na tao na nangangamba kay Allah at umiiwas sa lahat ng kasalanan at masasamang gawa na Kanyang ipinagbawal at tunay na nagmamahal kay Allah at nagsasagawa ng lahat ng uri ng kabutihan at mabuting gawa na Kanyang ipinag-utos).

64. At kami (na mga anghel) ay hindi bumababa (pumapanaog) maliban na pag-utusan ng iyong Panginoon (O Muhammad). Sa Kanya ang pag-aangkin (ng lahat) ng nasa aming harapan at (lahat) ng nasa aming likuran at anuman ang nasa pagitan ng dalawang ito, at ang iyong Panginoon, kailanman ay hindi nakakalimot, - 65. Ang Panginoon ng kalangitan at kalupaan, at lahat ng nasa pagitan nito, kaya't (tanging) sambahin lamang Siya at maging matimtiman at matiyaga sa pagsamba sa Kanya. Kayo baga ay nakakaalam sa sinuman na katulad Niya? (di nga kasi, walang sinuman ang katulad o katapat Niya o maaaring maiwangki sa Kanya at wala Siyang katambal sa Kanyang pagka-Diyos; 'Walang sinuman ang makakatulad Niya, at Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Nakakamasid').

66. At ang tao (na walang pananalig) ay nagsasabi: "Kung ako ba ay patay na, ako baga ay muling ibabangong (muli) sa pagkabuhay?" 67. Hindi baga nagugunita ng tao na siya ay Aming nilikha noon, habang siya ay (mula) sa wala?

68. Kaya't sa pamamagitan ng iyong Panginoon, katiyakang sila ay Aming titipunin nang sama-sama, at (gayundin) ang mga demonyo (na kasama nila), at sila ay Aming itatambad sa Impiyerno na lumiligid sa kanilang mga tuhod.

69. At katotohanan, Amin silang kakaladkarin mula sa bawat sekta, silang lahat na pinakamasama sa matigas na paghihimagsik, laban sa Pinakamapagbigay (Allah). 70. At katotohanan, ganap Naming batid sila na karapat-dapat na masunog dito. 71. At walang sinuman sa inyo ang hindi magdaraan (tatawid) sa ibabaw nito (Impiyerno); ito ay nasa kapasiyahan ng iyong Panginoon, isang Pag-uutos na marapat na matupad. 72. At Aming ililigtas sila na may pangangamba kay Allah at naging masunurin sa Amin. At Aming hahayaan ang Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian, buhong, buktot, atbp.) dito, na (nanggigipuspos) sa kanilang mga tuhod (sa Impiyerno).

73. At kung ang Aming Malilinaw na mga Talata ay ipinapahayag sa kanila, sila na hindi sumasampalataya (ang mga mayayaman at malalakas sa lipon ng mga paganong Quraish na namumuhay sa kariwasaan at luho) ay nagsasabi sa mga sumasampalataya (ang mga mahihina, mga mahihirap na kasamahan ni Propeta Muhammad na naghihikahos sa buhay): "Alin sa dalawang pangkat (alalaong baga, ang mga sumasampalataya at hindi nananampalataya) ang pinakamainam (sa punto) ng tungkulin, at gayundin kung tungkol sa himpilan (lugar ng kapulungan sa pagsasanggunian). 74. At gaano na karaming henerasyon (mga unang pamayanan o mga bansa) ang Amin

nang winasak na una pa sa kanila, na higit na mainam sa kayamanan, mga kalakal at panlabas na anyo?"

75. Ipagbadya (O Muhammad) sa sinumang nasa kamalian; ang Pinakamapagbigay (Allah) ay mag-aabot sa kanya (ng lubid), hanggang sa kanilang makita ang bagay na sa kanila ay ipinangako, maaaring ang kaparusahan o ang Oras, - at kanilang mapag-aalaman kung sino ang nasa pinakamasamang kalagayan, at kung sino ang mahina sa lakas (o sandatahan). [Ito ang sagot sa talata bilang 19:73].

76. At si Allah ang nagdaragdag ng patnubay sa kanila na lumalakad nang matuwid (tunay na nananalig sa Kaisahan ni Allah, na nangangamba kay Allah ng labis at umiiwas sa paggawa ng lahat ng uri ng kasalanan at masasamang gawa na Kanyang ipinagbawal at higit na nagmamahal kay allah sa paggawa ng lahat ng uri ng mabubuting gawa na Kanyang ipinag-utos). At ang mabubuting gawa na nagtatagal ay higit na mainam sa Paningin ng iyong Panginoon, para sa gantimpala at higit na mabuti sa pagpapala.

77. Napagmamasdan mo ba siya na nagpapabulaan sa Aming Ayat (sa Qur'an, at kay Muhammad) at (magkagayunman) ay nagsasabi: "Katiyakang ako ay bibigyan ng kayamanan at mga anak (kung ako ay muling bubuhayin)". 78. Talastas baga niya ang nalilingid o siya ba ay kumuha ng kasunduan mula sa Pinakamapagbigay (Allah)? 79. Hindi! Aming (Allah) itatala ang kanyang sinasabi, at Aming daragdagan ang kanyang kaparusahan (sa Impiyerno); 80. At Aming mamanahin mula sa kanya (sa oras ng kanyang kamatayan) ang lahat ng kanyang ipinangungusap (alalaong baga, ang kanyang kayamanan at mga anak na Aming ipinagkaloob sa kanya sa mundong ito), at siya ay lalapit sa Amin na nag-

iisa. 81. At sila ay tumangkilik (sa pagsamba) ng ibang mga diyos maliban pa kay Allah, upang sila ay makapagbigay sa kanila ng karangalan, kapangyarihan at kapurihan (at upang makapangalaga rin sa kanila sa kaparusahan ni Allah, atbp.). 82. Hindi, ang kanilang (tinatawag na mga diyos) ay magkakaila ng kanilang pagsamba sa kanila, at magiging mga kaaway nila (sa Araw ng Muling Pagkabuhay).

83. Hindi baga ninyo namamasdan na Aming isinugo ang mga demonyo laban sa mga hindi sumasampalataya upang itulak sila na gumawa ng kasamaan. 84. Kaya't huwag kang magmadali laban sa kanila; Kami (Allah) ay nagbibilang lamang sa kanila sa bilang ng (natataningang) panahon (ng mga araw sa buhay sa mundong ito at nag-aantala sa kanilang taning upang sila ay maragdagan pa sa kasamaan at mga kasalanan). 85. Sa Araw na Aming titipunin ang Muttaqun (alalaong baga, ang mga matimtiman at matutuwid na tao na nangangamba ng labis kay Allah at umiiiwas sa lahat ng uri ng kasalanan at masasamang gawa na Kanyang ipinagbawal at higit na nagmamahal kay Allah sa paggawa ng lahat ng uri ng kabutihan na Kanyang ipinag-utos) tungo sa Pinakamapagbigay (Allah), na katulad ng isang kinatawan (na itinambad sa harap ng isang hari sa pagpaparangal). 86. At Aming itataboy ang Mujrimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, makasalanan, kriminal, buhong, buktot, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, atbp.) sa Impiyerno, sa uhaw na kalagayan (na katulad ng isang uhaw na kawan ng hayop na itinaboy sa tubigan),- 87. Walang sinuman ang may kapangyarihan ng pamamagitan, maliban sa kanya na tumanggap ng pahintulot (o pangako) mula sa Pinakamapagbigay (Allah).

88. At sila ay nagsasabi: "Ang Pinakamapagbigay (Allah) ay nagkaanak ng isang lalaki (o supling o mga anak, na katulad ng pagsasabi ng mga Hudyo: Si Ezra ay anak na lalaki ni Allah; at ang mga Kristiyano ay nagsasabi na Siya ay nagkaanak ng lalaki [si Hesus], ang mga paganong Arabo ay nagsasabi na Siya ay nagkaanak ng mga babae [o mga anghel, atbp.])." 89. Katotohanang kayo ay nagtambad (nagtaguri) ng isang kakila-kilabot na masamang bagay. 90. Na rito ang kalangitan ay halos mapunit, at ang kalupaan ay mabiyak mula sa ilalim, at ang kabundukan ay malansag sa pagkaguho, 91. Dahilan sa nag-aakibat sila ng isang anak na lalaki (o supling o mga anak) sa Pinakamapagbigay (Allah). 92. Datapuwa't hindi isang katampatan (sa Kamahalan) ng Pinakamapagbigay (Allah) na Siya ay magkaanak ng anak na lalaki (o supling o mga anak). 93. Walang sinuman sa kalangitan at sa kalupaan ang dumatal maliban na nagmula (siya) sa Pinakamapagbigay (Allah) bilang isang alipin. 94. Katotohanang batid Niya ang bawat isa sa kanila, at silang lahat ay nabilang Niya sa ganap na pagsusulit (pagbibilang). 95. At ang bawat isa sa kanila ay paparoon sa Kanya na nag-iisa sa Araw ng Muling Pagkabuhay (na walang anumang kawaksi, tagapangalaga o tagapagtanggol). 96. Katotohanang sila na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Kanyang Tagapagbalitang si Muhammad) at gumagawa ng mga gawa ng kabutihan, ang Pinakamapagbigay (Allah) ay magkakaloob ng pagmamahal sa kanila (sa puso ng mga sumasampalataya).

97. Kaya't ginawa Namin ito (ang Qur'an), na magaan sa iyong sariling dila (O Muhammad), upang ikaw ay makapagbigay ng masayang balita sa Muttaqun

(alalaong baga, mga matimtiman at matutuwid na tao na nangangamba ng labis kay Allah at umiiwas sa lahat ng uri ng kasalanan at masasamang gawa na Kanyang ipinagbawal at nagmamahal kay Allah ng labis at gumagawa ng lahat ng mabubuting gawa na Kanyang ipinag-utos), at upang mabigyan ng babala sa pamamagitan nito (ng Qur'an) ang Ludda (ang mga pinakapalaaway at magugulong tao). 98. At gaano na ba karaming henerasyon bago pa sa kanila ang Amin nang winasak! Ikaw ba (O Muhammad) ay makakatagpo kahit na isa man (lamang) sa kanila, o di kaya ay makakarinig ng kahit na isang bulong (man lamang) sa kanila?

Surah 20 • Ta Ha

Ang Titik Ta at Ha

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ta, Ha (mga titik Ta, Ha).

2. Hindi Namin ipinanaog ang Qur'an sa iyo (O Muhammad) upang ikaw ay bigyan ng siphayo. 3. Maliban lamang na ito ay isang Paala-ala sa mga may pangangamba (kay Allah). 4. Isang kapahayagan mula sa Kanya (Allah) na lumikha ng kalupaan at kalangitan sa kaitaasan. 5. Ang Pinakamapagbigay (Allah) ay matatag na naka-Istawa (nasa itaas) ng Kanyang (makapangyarihang) Luklukan (sa paraang naaangkop sa Kanyang Kamahalan). 6. Sa Kanya

ang pag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito at nasa kailaliman ng lupa.

7· At kung ikaw (O Muhammad) ay mangusap nang malakas (sa paninikluhod), kung gayon, katotohanang Siya ang nakakaalam ng mga lihim at kung anuman ang nalilingid. 8· Allah! La ilaha illa Huwa! (Si Allah! Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya)! Sa Kanya ang pag-aangkin ng lahat ng Magagandang Pangalan.

9· Ang kasaysayan ba ni Moises ay nakarating na sa iyo? 10· Pagmasdan! Siya ay nakamalas ng apoy, kaya't sinabi niya sa kanyang pamilya: "Maghintay kayo rito! Katotohanang ako ay nakakita ng apoy. Marahil ay makakapagdala ako sa inyo mula roon ng isang nag-aapoy na bagay o dili kaya, (ako) ay makakatagpo ng ilang patnubay mula sa apoy."

11· Datapuwa't nang makalapit na siya sa apoy, siya ay tinawag sa pangalan: "O Moises!" 12· Katotohanang Ako ang iyong Panginoon! Kaya't hubarin mo ang iyong sapatos; ikaw ay nasa sagradong lambak ng Tuwa. 13· At ikaw ay Aking hinirang, kaya't makinig ka sa bagay na sa iyo ay ipapahayag. 14· Katotohanan! Ako si Allah! La ilaha illa Ana (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Akin). Kaya't paglingkuran mo (lamang) Ako at magsagawa ka ng palagiang panalangin (Iqamat-as-Salah) bilang pag-aala-ala sa Akin. 15· Katotohanang ang Takdang Sandali ay paparating na, at ito ay Aking sinadya na nalilingid upang ang bawat tao (kaluluwa) ay makatanggap ng kanyang gantimpala ayon sa sukat ng kanyang pinagsumikapan. 16· Kaya't huwag hayaan ang isang tao na hindi nananampalataya (sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sa

Pagsusulit, sa Paraiso at Impiyerno, atbp.) at sumusunod lamang sa kanyang mga pagnanasa ay makapagligaw sa iyo (sa Tuwid na Landas); maaaring ikaw ay maglaho.

17. "At ano yaong nasa iyong kanang kamay, O Moises!" 18. Siya ay nagsabi: "Ito ang aking tungkod. Dito ako humihilig at sa pamamagitan nito ay aking hinahampas ang sanga (ng halaman) bilang pagkain ng aking mga tupa, at ito rin ay marami pang gamit sa akin." 19. (Si Allah) ay nagwika: "Ihagis mo iyan, O Moises!" 20. Inihagis niya ito, at pagmasdan! Ito ay naging ahas na gumagalaw nang mabilis. 21. (Si Allah) ay nagwika: "Sakmalin mo ito at huwag kang matakot. Ibabalik Naming muli ito sa kanyang dating anyo, 22. At idiin mo ang iyong (kanang) kamay sa (kaliwa) mong tagiliran; ito ay magiging puti (at magluluningning), na walang anumang karamdaman; bilang naiibang Tanda, 23. Upang maipamalas Namin sa iyo ang (ilan) sa Aming higit na mga Dakilang Tanda." 24. "Pumaroon ka kay Paraon! Katotohanang siya ay nagmalabis sa pagsuway (sa kawalan ng pananalig, pag-aasal ng kapalaluan at pagiging mapang-api)."

25. (Si Moises) ay nagsabi: "O aking Panginoon! Buksan Ninyo ang aking dibdib (Inyong bigyan ako ng tiwala sa aking sarili at katatagan), 26. Padaliin Ninyo ang aking tungkulin sa akin, 27. At Inyong alisin ang aking kahinaan sa pagsasalita (alalaong baga, ang mapawi ang kanyang kaba at kamalian sa kanyang pangungusap), 28. Upang kanilang maunawaan ang aking sasabihin, 29. At Inyong gawaran ako ng isang kawaksi mula sa aking pamilya, 30. Si Aaron, ang aking kapatid na lalaki, 31. Dagdagan Ninyo ang aking tatag at lakas sa pamamagitan niya, 32. At hayaan na siya ay

makihati sa aking tungkulin, 33· Upang aming maipagbunyi ang pagpupuri sa Inyo nang walang maliw, 34· At higit namin Kayong alalahanin (nang walang pagsasawa), 35· Sapagkat katotohanang Kayo sa amin ay Laging Nagmamasid!" 36· (Si Allah) ay nagwika: "O Moises, ang iyong panalangin ay Aking dininig!"

37· At katotohanang Kami ay naggawad (noon) ng ibang biyaya sa iyo. 38· Pagmasdan! Kami ay nagsugo sa iyong ina sa pamamagitan ng isang inspirasyon ng Aming kapahayagan. 39· Na nagsasabi: "Ilagay mo siya (ang sanggol) sa isang Tabut (kuna o kahon o tampipi), at iyong ipaanod ito sa ilog (ng Nile). Ang ilog ay magsasadsad sa kanya sa pampang at siya ay kukunin ng isang tao na Aking kaaway at kaaway din niya, datapuwa't binahaginan kita ng pagmamahal mula sa Akin, upang ikaw ay lumaki (sa pagkakandili) ng Aking Paningin. 40· Nang ang iyong kapatid na babae ay dumating at nagsabi: "Ipapakita ko ba sa iyo ang tao na mag-aalaga sa kanya?" Kaya't ikaw ay ibinalik Namin sa iyong ina, upang ang kanyang paningin ay maging malamig at huwag mamighati. At ikaw ay nakapatay ng isang tao, datapuwa't iniligtas ka Namin sa kaguluhan at ikaw ay Aming sinubukan sa maraming paraan. At ikaw ay namalagi sa maraming taon sa pamayanan ng Madyan. At ngayon, ikaw ay naparito ayon sa natataningan na panahon na Aming itinakda (sa iyo), O Moises!

41· At ikaw ay Aking pinili at inihanda (tinuruan ng mga bagay-bagay) sa paglilingkod sa Akin. 42· Pumaroon ka at ang iyong kapatid na dala ang Aking Ayat (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral, atbp.) at huwag kayong magbawa (sa sigasig) at panghinaan sa pag-aala-ala sa Akin.

43. "Magsiparoon kayo kay Paraon, sapagkat katotohanang siya ay nagmalabis sa lahat ng hangganan ng pagsuway (sa kawalan ng pananalig, kapalaluan at pang-aapi)." 44. Datapuwa't mangusap ka sa kanya nang mahinahon, maaaring siya ay tumanggap ng paala-ala o mangamba (kay Allah).

45. Sila (Moises at Aaron) ay nagsabi: "O aming Panginoon! Katotohanang kami ay nangangamba na madaliin niya ang pagpaparusa sa amin, o di kaya ay magmalabis siya sa pagsuway (laban sa amin). 46. Siya (Allah) ay nagwika: "Huwag kayong matakot! Katotohanang Ako ay nasa sa inyo, na Nakakarinig at Nakakamasid." 47. Kaya't kapwa kayo magsiparoon sa kanya at magpahayag: "Katotohanang kami ay mga Tagapagbalita mula sa iyong Panginoon, kaya't hayaan ang lahat ng Angkan ng Israel ay sumama sa amin at huwag mo silang pahirapan. Katotohanang kami ay dumatal na may dalang Tanda mula sa iyong Panginoon! At ang Kapayapaan ay mapapasakanya, siya na susunod sa patnubay!" 48. "Katotohanang sa amin ay ipinahayag na ang kaparusahan ay naghihintay sa mga nagtatakwil (sa Kaisahan ni Allah, sa Kanyang mga Tagapagbalita, atbp.) at nagsisitalikod (sa katotohanan at pagsunod kay Allah)."

49. Si Paraon ay nagsabi: "Sino baga, O Moises ang Panginoon ninyong dalawa?" 50. (Si Moises) ay nagsabi: "Ang aming Panginoon ay Siya, na nagbigay sa bawat bagay ng kanyang hugis at kalikasan at sa kanila ay namatnubay." 51. (Si Paraon) ay nagturing: "At ano naman ang tungkol (sa kalagayan) ng mga sali't saling lahi (ninuno) noong pang una?" 52. (Si Moises) ay nagsabi: "Ang kaalaman diyan ay nasa

aking Panginoon, sa isang Talaan. Ang aking Panginoon ay hindi kailanman nagkakamali at nakakalimot,

53. Siya na lumikha sa inyo ng kalupaan na tulad ng isang higaan (karpeta) na nakalatag; upang kayo ay matagumpay na makapaglakbay sa kanyang mga daan; at nagpamalisbis ng tubig (ulan) mula sa alapaap." At dito ay nagpatubo Kami ng iba't ibang uri ng halaman at pananim (sa pares). 54. Magsikain kayo (para sa inyong sarili) at inyong pastulan ang inyong hayupan (bakahan) dito; katotohanang naririto ang mga Tanda sa mga tao na may pang-unawa. 55. Mula (sa lupa) ay Aming nilikha kayo, at dito kayo ay Aming ibabalik, at dito kayo ay muli rin Naming bubuhayin.

56. At katotohanang ipinamalas Namin sa kanya (Paraon) ang Aming mga Tanda at Katibayan, datapuwa't siya ay nagtatwa at hindi kumilala. 57. (Si Paraon) ay nagsabi: "Pumarito ka ba upang kami ay itaboy sa kalupaan sa pamamagitan ng iyong salamangka, O Moises?" 58. At katotohanang kami ay makapagsasagawa rin ng salamangka na katulad nito; kaya't magtakda ka ng pakikipagtipan sa gitna natin, na sinuman sa atin ay hindi makakalimot, sa isang lantad at malawak na pook na ang bawat isa ay may magkatulad na pagkakataon (na matutunghayan ng mga manonood).

59. (Si Moises) ay nagsabi: "Ang iyong takdang araw ay ang Araw ng Pagdiriwang, at hayaan ang mga tao ay magsitambad kung mataas na ang araw (tanghali na). 60. Kaya't si Paraon ay lumayo at nanahimik; siya ay nagtuon ng panahon sa kanyang balak at muling bumalik. 61. Si Moises ay nagsabi sa kanila: "Ang kasawian ay sa inyo! Huwag kayong gumawa ng kasinungalingan kay Allah,

baka kayo ay Kanyang ganap na pinsalain sa kaparusahan. At katotohanang siya na nagsasagawa ng kasinungalingan (laban kay Allah), ay kaaba-aba na mabibigo."

62. At sila ay nagsipagtalo-talo sa bawat isa kung ano ang kanilang gagawin, at inilihim nila ang kanilang pag-uusap. 63. Sila ay nagsabi: "Ang dalawang ito ay walang alinlangan na mga bihasang salamangkero. Ang kanilang hangarin ay upang itaboy kayo sa inyong lupain sa pamamagitan ng kanilang salamangka at kanilang gahisin ang inyong pinuno at mga mahal na tao. 64. Kaya't pagbutihin ang inyong balak, at magtipon-tipon kayo sa iba't ibang hanay. At sinumang magwagi sa araw na ito ay katotohanang matagumpay!"

65. Sila ay nagsabi: "O Moises! Maaaring ikaw ang maunang maghagis o kami ang mauunang maghagis?" 66. (Si Moises) ay nagsabi: "Hindi, mauna kayong maghagis!" At pagmasdan! Ang kanilang mga lubid at tungkod, sa pamamagitan ng kanilang salamangka, ay nahantad sa kanila na wari bang gumagalaw nang mabilis. 67. Kaya't si Moises ay nagkaroon ng takot sa kanyang sarili. 68. Kami (Allah) ay nagwika: "Huwag kang matakot! Katotohanang ikaw ang mangunguna. 69. At iyong ihagis ang nasa kanan mong kamay! Lulunukin nitong lahat ang kanilang ginawa. Ang kanilang ginawa ay panlilinlang lamang ng isang salamangkero, at ang isang salamangkero ay hindi kailanman magtatagumpay, kahit na gaano pang kaalaman ang kanilang naabot." 70. Kaya't ang mga salamangkero ay nangayupapa na nangagpatirapa. Sila ay nagsabi: "Kami ay sumasampalataya sa Panginoon ni Aaron at Moises."

71. (Si Paraon) ay nagsabi: "Naniniwala ba kayo sa kanya (Moises), bago ko pa kayo bigyan ng pahintulot?

Katotohanan! Siya (Moises) ang inyong pinuno na nagturo sa inyo ng salamangka. Kaya't walang pagsala na aking puputulin ang inyong mga kamay at paa sa magkabilang panig at katotohanang aking ibabayubay kayo sa puno ng mga palmera (datiles), at katiyakang inyong mapag-aalaman kung sino sa amin (ako, si Paraon o ang Panginoon ni Moises [Allah]), ang makakapaggawad ng matindi at higit na nagtatagal na kaparusahan."

72. Sila ay nagsabi: "Hindi ka namin bibigyan ng higit na pansin kaysa sa Maliliwanag na Tanda na dumatal sa amin. Kaya't iyong itakda kung anuman ang nais mong ipatupad sa amin, sapagkat ikaw ay makakapagtakda lamang (sa mga bagay) ng buhay sa mundong ito. 73. Katotohanang kami ay sumampalataya sa aming Panginoon, upang kami ay Kanyang mapatawad sa aming mga pagkukulang, at sa salamangka na iyong ipinag-utos sa amin. At si Allah ay higit na may mabuting gantimpala kung ihahambing sa iyong (Paraon) gantimpala, at higit na nagtatagal (kung tungkol sa kaparusahan kung ihahambing laban sa iyong pagpaparusa)."

74. Katotohanan! Sinuman ang lumapit sa kanyang Panginoon na isang Mujrimun (tampalasan, kriminal, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, makasalanan, buktot, atbp.), walang pagsala, sasakanya ang Impiyerno at dito siya ay hindi mamamatay o mabubuhay. 75. Datapuwa't sinumang lumapit sa Kanya (Allah) na isang nananampalataya, at nagsigawa ng mga kabutihan, sasakanila ang matataas na Antas (ng Kabilang Buhay), 76. Walang Hanggang Halamanan (Paraiso) na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy;

mananahan sila rito magpakailanman. Ito ang gantimpala sa mga nagpapadalisay sa kanilang sarili (sa pamamagitan nang pag-iwas sa lahat ng mga kasalanan at mga kasamaan na ipinagbabawal ni Allah at sa paggawa ng lahat Niyang ipinag-uutos).

77. At katotohanang Kami ay nagbigay ng inspirasyon kay Moises: "Maglakbay ka sa gabi na kasama ang Ibadi (Aking mga lingkod), at iyong hampasin ang tuyong landas hanggang sa dagat, na walang pagkatakot na kayo ay mapanaigan (ni Paraon) at walang iba pang pangangamba (na kayo ay malunod sa dagat)." 78. At sila ay tinugis ni Paraon na kasama ang kanyang mga kabig, datapuwa't ang tubig ay ganap na tumabon at lumukob sa kanila. 79. Si Paraon ang nagtulak sa kanyang mga tao na maligaw kaysa ang mapatnubayan sila sa tuwid na landas.

80. O Angkan ng Israel! Aming iniligtas kayo sa inyong kaaway at Kami ay gumawa ng Kasunduan sa inyo sa kanang bahagi ng bundok ng Sinai; at ipinanaog Namin sa inyo ang Manna at mga pugo. 81. (Na nagsasabi): "Magsikain kayo ng Tayyibat (mabubuti at mga pinahihintulutang bagay) na Aming iginawad sa inyo bilang inyong ikabubuhay, datapuwa't huwag kayong magmalabis dito, (marahil) ay mangyayaring ang Aking poot ay bumaba sa inyo. At sa sinuman na mababaan ng Aking poot ay katotohanang maglalaho!" 82. Datapuwa't katotohanan na walang alinlangan, Ako ay Lagi nang Nagpapatawad ng Paulit-ulit sa kanya na nagtitika, na sumasampalataya (sa Aking Kaisahan at hindi nag-aakibat ng mga katambal sa pagsamba sa Akin) at gumagawa ng mga kabutihan at namamalagi sa paggawa nito (hanggang sa kanyang kamatayan).

83. (Nang si Moises ay nasa bundok na, si Allah ay nagwika): "Ano ang nagtulak sa iyo upang magmadali ka na mauna sa iyong pamayanan, O Moises?" 84. Siya ay nagsabi: "Pagmasdan, sila ay malapit na sa aking mga yapak, at ako ay nagmadali (sa pagtungo) sa Inyo, O aking Panginoon, upang Kayo ay mabigyan ng kasiyahan." 85. (Si Allah) ay nagwika: "Katotohanang Aming sinubukan ang iyong pamayanan nang ikaw ay wala sa kanila, at si As-Samiri ang nagtulak sa kanilang pagkaligaw."

86. At si Moises ay bumalik sa kaniyang mga tao na tigib ng galit at pighati. Siya ay nagsabi: "O aking pamayanan! Hindi baga ang inyong Panginoon ay nangako sa inyo ng isang makatuwirang pangako? Ang pangako baga ay inakala ninyo na malayo pa (sa pagdatal)? O inyo bang ninanais na ang Poot ng inyong Panginoon ay manaog sa inyo, kaya't inyong sinira ang inyong pangako sa akin (ang hindi pananampalataya kay Alah at pagsamba sa baka)?"

87. Sila ay nagsabi: "Hindi namin sinira ang pangako namin sa iyo ng ayon sa aming kagustuhan, datapuwa't kami ay pinag-utusan na magdala ng bigat ng mga hiyas ng tao (ni Paraon), kaya't aming inihagis ito (sa apoy), ayon sa mungkahi ni As-Samiri." 88. At kanyang nilikha mula sa hiyas (na natunaw ng apoy) ang isang bulo (batang baka) at itinambad sa kanyang pamayanan na wari bang umuunga. Siya (As-Samiri) ay nagsabi: "Ito ang inyong diyos, at ang diyos ni Moises, datapuwa't siya (Moises) ay nakalimot (sa kanyang diyos)!" 89. Hindi baga nila napagmamalas na ito ay hindi makapagsasabi sa kanila ng isang salita (bilang tugon), at ito ay walang kapangyarihan na bigyan sila ng kapinsalaan o kabutihan?

90. At katotohanang si Aaron ay nagsabi noon pa sa kanila: “O aking pamayanan! Kayo ay sinusubukan dito, at katotohanan, ang inyong Panginoon (ay si Allah), ang Pinakamapagbigay, kaya’t sundin ninyo ako at tuparin ang aking pag-uutos.” 91. Sila ay nagsabi: “Kami ay hindi titigil nang pagsamba rito (ang baka) hanggang si Moises ay hindi bumabalik sa amin.”

92. (Si Moises) ay nagsabi: “O Aaron! Ano ang pumigil sa iyo nang iyong mamalas na sila ay napapaligaw; 93. Na ako ay hindi mo sinunod (sa aking mga payo sa iyo)? Iyo bang sinuway ang aking pag-uutos?” 94. Siya (Aaron) ay nagsabi: “O anak (na lalaki) ng aking ina! Huwag mo akong sakmalin sa aking balbas, gayundin (sa buhok) ng aking ulo! Katotohanang ako ay nangangamba na marahil ay iyong sabihin: “Ikaw ang nagturo ng pagkakahidwa-hidwa sa Angkan ng Israel, at ikaw ay hindi naghintay sa aking salita!”

95. (Si Moises) ay nagsabi: “At ano ang nangyayari sa iyo, O Samiri? (bakit mo ito ginawa?). 96. (Si Samiri) ay nagsabi: “Nakita ko ang hindi nila nakikita, kaya’t kumuha ako ng isang dakot (ng alikabok) mula sa bakas ng Tagapagbalita (sa kabayo ni Gabriel) at inihagis ko ito (sa apoy na pinagtunawan ng mga hiyas, o sa nililok na baka). Ito ang ibinubulong sa akin ng aking kaluluwa.” 97. Si Moises ay nagsabi: “Kung gayon, ikaw ay humayo! At katotohanan, ang iyong (kaparusahan) sa buhay na ito, ay ikaw ay magsasabi: “Ako ay huwag ninyong salingin (alalaong baga, ikaw ay mamumuhay na mag-isa at malayo sa sangkatauhan); at katotohanang higit pa rito (ang darating na kaparusahan), ikaw ay mayroong pangako na hindi mabibigo. Ngayon,

iyong malasin ang iyong diyos, na sa kanya ikaw ay naging matimtimang tagasamba; katiyakan na Aming sisilaban ito sa naglalagablab na apoy at ikakalat ang mga bahagi nito sa dagat." 98. Ang Ilah (Diyos) ninyong lahat ay si Allah, ang Tanging Isa; La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya). Siya ang may ganap na kaalaman sa lahat ng bagay.

99. Kaya't Aming inilahad sa iyo (O Muhammad) ang ilang kasaysayan na nangyari noon. At katotohanang ikaw ay pinagkalooban Namin ng isang Paala-ala (ang Qur'an) mula sa Amin. 100. At sinumang tumalikod dito (sa Qur'an, alalaong baga, ang hindi maniwala rito at gumawa ayon sa pag-uutos nito), katotohanang sila ay magbabata ng bigat (ng mga kasalanan) sa Araw ng Muling Pagkabuhay, 101. Mananahan sila roon sa ganoong (kalagayan, sa Apoy ng Impiyerno), at katotohanang kasamaan ang kanilang magiging dalahin sa Araw ng Muling Pagkabuhay; 102. Sa Araw na ang Tambuli ay patutunugin (sa pangalawang pag-ihip); sa Araw na yaon ay Aming titipunin ang Mujrimun (mga tampalasan, kriminal, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, makasalanan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, atbp.) na mga Zurqa (na nanlalabo ang mga mata o tila bughaw at nangingitim ang mukha sa sindak). 103. Sa mga bulong ay magsasalita sila sa isa't isa (na nagsasabi): "Kayo ay namalagi lamang nang hindi hihigit sa sampung (araw)." 104. Higit Naming batid kung ano ang kanilang sasabihin, kung ang pinakamagaling sa kanila sa pangangatwiran ay magsasabi: "Kayo ay namalagi lamang nang hindi hihigit sa isang araw!"

105. At sila ay nagtatanong sa iyo tungkol sa kabundukan;

iyong ipagbadya: "Ang aking Panginoon ay magpapasabog sa kanila at Kanyang ikakalat ang mga ito bilang mga bahagi ng alikabok." 106. At pagkatapos ay iiwanan Niya (ang kalupaan) na patag at makinis. 107. Walang anumang baluktot o kurba ang makikita ninyo rito. 108. Sa Araw na yaon, sila ay matiim na susunod (sa tinig) ng tagatawag ni Allah; at walang anumang pagkabaluktot (sa kanyang tinig). At ang lahat ng mga tinig ay mangangayupapa sa Pinakamapagbigay (Allah) at wala kayong maririnig maliban sa mahinang yabag ng kanilang mga paa.

109. Sa Araw na yaon ay walang pamamagitan ang mananaig, maliban sa kanya na binigyan ng kapahintulutan ng Pinakamapagbigay (Allah), na ang kanyang salita ay katanggap-tanggap sa Kanya. 110. Batid Niya (Allah) kung ano ang nangyayari sa (Kanyang mga nilikha) sa mundong ito, at kung ano ang mangyayari sa kanila (sa Kabilang Buhay), at sila ay hindi makapagkakamit ng anuman ng Kanyang karunungan. 111. At ang lahat ng mukha ay mangangayupapa sa harapan (ni Allah), ang Namamalaging Buhay, ang Tagapanustos at Tagapangalaga ng lahat. At siya na nagdadala (ng pasanin) ng maling gawa (alalaong baga, siya na hindi sumasampalataya kay Allah, nag-aakibat ng mga katambal sa Kanya, at sumusuway sa Kanya), katotohanang walang pag-asa at bigo siya (sa Araw na yaon). 112. Datapuwa't siya na gumagawa ng kabutihan at may pananampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam), ay walang anumang pangamba ng kapinsalaan at kawalang katarungan, gayundin naman, hindi mababawasan (ang kanyang gantimpala).

113. Kaya't Aming ipinanaog ang Qur'an sa (wikang) Arabik,

at Aming ipinaliwanag dito nang puspusan ang mga babala at paala-ala upang sila ay magkaroon ng pangangamba kay Allah, o di kaya ay magbigay silbi ito bilang aral sa kanila (sa pag-aala-ala sa Kanya). 114. Kataas-taasan si Allah sa lahat! Ang Tunay na Hari! Huwag kang magmadali (O Muhammad) sa Qur'an bago pa ang pahayag ay maganap na lahat, at ikaw ay magsabi: "Aking Panginoon! Inyong dagdagan ang aking kaalaman!"

115. At katotohanang Kami ay gumawa noon ng kasunduan kay Adan, datapuwa't siya ay nakalimot, at Aming nakita sa kanya ang kawalan ng katatagan. 116. At alalahanin nang Aming sabihin sa mga anghel: "Magpatirapa kayo kay Adan." Nagpatirapa silang lahat maliban kay Iblis, siya ay tumanggi. 117. At Kami ay nagsabi: "O Adan! Katotohanang siya ay isang kaaway sa iyo at sa iyong asawa. Kaya't huwag ninyong hayaan na kanyang maitaboy kayo mula sa Halamanan upang kayo ay magkaroon ng lumbay sa kapighatian.

118. Katotohanang kayo ay mayroong (pangako mula sa Amin) na kailanman ay hindi kayo magugutom dito (Paraiso) o magiging hubad. 119. At kayo ay hindi makakaranas dito ng pagkauhaw, gayundin ng init ng sikat ng araw." 120. Datapuwa't si Satanas ay bumulong sa kanya na nagsasabi: "O Adan! Ihahantong ba kita sa Puno ng Walang Hanggang Buhay at sa kaharian na hindi masisira?" 121. Sa kalaunan, sila ay kapwa kumain (ng bunga) ng puno; at sa gayon, ang kanilang maselang bahagi (ng katawan) ay nalantad sa kanila; at sila ay nagsimulang magtagni-tagni ng mga dahon sa Halamanan bilang kanilang pantakip. Sa ganito sinuway ni Adan ang kanyang Panginoon, kaya't

siya ay napaligaw sa kamalian. 122. Datapuwa't ang kanyang Panginoon ay humirang sa kanya. Siya ay bumaling sa kanya sa pagpapatawad at pinagkalooban siya ng patnubay.

123. Siya (Allah) ay nagwika: "Magsibaba kayo kapwa (sa lupa) mula sa Halamanan nang magkasama, ang ilan sa inyo ay kaaway ng iba. At kung mayroong patnubay na manggagaling sa Akin, kung gayon, sinuman ang sumunod sa Aking patnubay ay hindi mapapaligaw, at gayundin naman, sila ay hindi mahuhulog sa kalumbayan at kapighatian. 124. Datapuwa't sinumang sumuway sa Aking Paala-ala (alalaong baga, hindi naniniwala sa Qur'an at hindi sumusunod sa mga pag-uutos nito), katotohanang sasakanya ang buhay ng kahirapan at siya ay bubuhayin Naming muli na bulag sa Araw ng Muling Pagkabuhay. 125. Siya ay magsasabi: "O aking Panginoon! Bakit ako ay Inyong binuhay na bulag, noon ay mayroon akong paningin?" 126. (Si Allah) ay magwiwika: "Noon, nang ang Aming Ayat (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral, atbp.) ay dumatal sa inyo, ito ay ipinagwalang bahala ninyo, kaya't sa Araw na ito, kayo ay kalilimutan (sa Apoy ng Impiyerno na malayo sa Habag ni Allah)." 127. At sa ganito Namin binabayaran siya na nagmamalabis sa lahat ng hangganan ng pagsuway (alalaong baga, walang pananananampalataya kay Allah at nagtatakwil sa mga Tagapagbalita at sa mga Kasulatan katulad ng Qur'an) at hindi sumasampalataya sa Ayat (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral, atbp.) ng kanyang Panginoon; at ang kaparusahan ng Kabilang Buhay ay higit na kasakit-sakit at nagtatagal.

128. Hindi baga isang patnubay sa kanila (na mapag-alaman) kung ilan ng sali't saling lahi ang Aming winasak

nang una pa sa kanila, na sa kanilang (naging) tirahan sila ay lumalakad? Katotohanan! Naririto ang mga Tanda sa mga tao na may pang-unawa. 129. At kung hindi lamang sa Salita na sumakanila noon mula sa inyong Panginoon, at sa natataningang araw, (ang kanilang kaparusahan) ay kinakailangan nang tupdin (sa mundong ito). 130. Kaya't maging mapagbata ka (O Muhammad) sa kanilang sinasabi, at iyong luwalhatiin ang mga papuri sa iyong Panginoon bago ang pagsikat ng araw at bago ang paglubog ng araw, at gayundin sa ilang panahon ng gabi, at sa mga bahagi ng maghapon (ito ay patungkol sa limang ulit na takdang panalangin sa bawat araw), upang ikaw ay magkaroon ng kasiyahan sa gantimpala na ipagkakaloob sa iyo ni Allah.

131. At huwag mong pagurin ang iyong mga mata sa pagnanasa sa mga bagay na Aming ipinagkaloob bilang paglilibang sa maraming pangkat (sila na mga hindi sumasampalataya sa Kaisahan ni Allah at mapagsamba sa mga diyus-diyosan), at sa karilagan ng buhay na ito, (ito) ay upang Aming masubukan sila. Datapuwa't ang biyayang nakalaan (gantimpala sa Kabilang Buhay) mula sa iyong Panginoon ay higit na mainam at nagtatagal. 132. At iyong itagubilin ang pagdarasal sa iyong pamilya (at pamayanan), at maging matimtiman (sa pag-aalay ng mga panalangin). Walang anuman na laang panustos (alalaong baga, ang bigyan mo Kami ng kahit ano) ang Aming hinihingi mula sa iyo. Kami ang magkakaloob nito sa iyo. At ang mabuting hantungan (alalaong baga, ang Paraiso) ay para sa Muttaqun (matimtiman at matutuwid na tao na labis na nangangamba kay Allah at umiiwas sa lahat ng mga kasalanan at kasamaan na Kanyang ipinagbabawal at nagmamamahal kay Allah

nang higit at nagsasagawa ng mga kabutihan na Kanyang ipinag-uutos).

133. Sila ay nagsasabi: "Bakit hindi siya nagdala sa amin ng isang Tanda (Katibayan) mula sa kanyang Panginoon?" Hindi baga dumatal na sa kanilang lahat ang maliwanag na Katibayan (na nasusulat) sa mga naunang Aklat ng Kapahayagan (mga Kasulatan, alalaong baga, ang Torah [mga Batas], ang Ebanghelyo hinggil sa pagdatal ni Propeta Muhammad)? 134. At kung sila ay winasak Namin sa kaparusahan bago pa rito (alalaong baga, kay Propeta Muhammad at sa Qur'an), katiyakan na kanilang sasabihin: "O aming Panginoon! Kung Kayo ay nagsugo lamang sa amin ng isang Tagapagbalita, walang pagsala na kami ay nagsisunod sa Inyong Ayat (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral, atbp.) bago pa kami abahin at ilagay sa kahihiyan." 135. Ipagbadya (O Muhammad): "Ang bawat isa (sa atin, mga sumasampalataya at hindi sumasampalataya) ay naghihintay, kaya't magsipaghintay din kayo. Hindi magtatagal at inyong mapag-aalaman kung sino ang nasa matuwid at patag na landas (alalaong baga, ang nasa Islam – ang Pananampalataya ni Allah) at kung sino sila na tumanggap sa kanilang sarili ng patnubay (sa tamang landas)."

Ang Mga Propeta

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1· Papalapit na nang papalapit ang sangkatauhan sa kanilang pagsusulit habang sila ay patuloy sa hindi pagtalima (sa pag-uutos) at tumatalikod. 2· Hindi baga sumapit sa kanila ang isang Tagubilin (isang kabanata ng Qur'an) mula sa kanilang Panginoon bilang kamakailan lamang na kapahayagan, subalit nakikinig sila rito habang sila ay abala sa pagbubulakbol, 3· Na ang kanilang puso ay pinananahanan (ng masasamang bagay), sila na gumagawa ng kamalian ay naglilingid ng kanilang pribadong tagapayo, (na nagsasabi): "Ito bang (si Muhammad) ay higit pa sa isang tao na katulad ninyo? Kayo ba ay maniniwala sa salamangka habang ito ay inyong namamasdan?" 4· Siya (Muhammad) ay nagsabi: "Ang aking Panginoon ay nakakabatid (ng lahat) ng mga salita (na ipinangungusap) sa kalangitan at kalupaan. At Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Lubos na Nakakaalam."

5· Hindi, sila ay nagsasabi: "Ang mga (kapahayagang ito sa Qur'an na ipinadala kay Muhammad) ay mga pinaghalo-halo lamang na panaginip ng kasinungalingan! Hindi, kinatha lamang niya ito! Hindi, siya ay isang makata! Hayaang dalhin niya sa atin ang isang Ayat (Tanda bilang isang Katibayan) na katulad niyaong (mga Propeta) na ipinadala noong pang una!" 6· Wala isa man sa mga bayan (pamayanan), na Aming winasak, ang nagsisampalataya

sa kanila noon (bagama't Aming pinadalhan sila ng mga Tanda), sila ba ay magsisipaniwala pa?

7. At hindi Kami nagsugo (O Muhammad) bago pa sa iyo ng ibang (mga propeta) maliban na mga tao na katulad mo na Aming binigyang inspirasyon, kaya't iyong tanungin ang mga tao ng Pagpapaala-ala (mga Kasulatan, ang Torah [mga Batas], ang Ebanghelyo), kung hindi mo nababatid. 8. At hindi Namin nilikha sila (ang mga Sugo) na may mga katawang hindi kumakain ng pagkain, gayundin, na sila ay walang kamatayan, 9. Kaya't tinupad Namin sa kanila ang pangako, at Aming iniligtas sila at yaong Aming hinirang, datapuwa't Aming winasak ang Al-Musrifun (palalo sa pang-aapi, makasalanan at pagano).

10. Katotohanang Aming ipinadala sa inyo (O sangkatauhan) ang isang Aklat (ang Qur'an), na rito ay mayroong Dikhrukum (isang karangalan para sa inyo, alalaong baga, sa sinuman na sumusunod sa pagtuturo ng Qur'an at nagsasagawa ng kanyang mga pag-uutos). Hindi baga kayo makakaunawa? 11. Ilan na bang mga bayan (pamayanan) na mapaggawa ng kamalian ang Aming winasak, at pinalitan Namin ng ibang mga tao pagkaraan nila! 12. Kaya't nang mapagtanto (mamalas) nila ang Aming Kaparusahan (na dumarating), pagmasdan, (sila ay nagtangka) na tumakas dito. 13. Huwag kayong tumalilis, datapuwa't magsipagbalik kayo sa dating lugar kung saan kayo namumuhay nang marangya, at sa inyong mga tahanan, upang kayo ay mabigyan ng katanungan. 14. Sila ay nagsihibik: "Kasawian (sa aba) namin! Katotohanang kami ay naging Zalimun (mga pagano, buktot, walang paniniwala sa Kaisahan ni Allah, atbp.)." 15. At ang kanilang

pananaghoy ay hindi nagbawa, hanggang sa ginawa Namin sila na animo'y bukiring ginapas, na nawalang sigla (patay at tigang).

16. Hindi Namin nilikha ang kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito bilang (isa lamang) paglalaro. 17. Kung Kami ay nagnais na magpalipas lamang ng oras (alalaong baga, tulad ng asawa o anak, atbp.), ay walang pagsala na makakamtan Namin ang mga ito mula sa pinakamalalapit sa Amin, kung Kami ay may layunin na gawin (ang gayong bagay)! 18. Hindi, Aming ipinukol (ipinanaog) ang Katotohanan (ang Qur'an) laban sa kabulaanan (kawalan ng pananampalataya), kaya't ito ang nagwasak dito, at pagmasdan, ito (ang kasinungalingan at kabulaanan) ay naglaho. At kasawian sa inyo (sa gayong kasinungalingan) na inyong ikinukulapol sa Amin (laban kay Allah sa pagsasabi na Siya ay may asawa at anak).

19. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng anupamang nasa kalangitan at kalupaan. At yaong mga malalapit sa Kanya (tulad ng mga anghel) ay hindi lubhang mga palalo sa pagsamba sa Kanya, gayundin, sila ay hindi nahahapo (sa pagsamba sa Kanya). 20. Sila (ang mga anghel) ay lumuluwalhati ng Kanyang mga Papuri sa gabi at araw, at sila ay hindi nakakaligta (na gawin ito).

21. O sila ba ay nagturing ng iba pang mga diyos (upang sambahin) sa kalupaan na bumubuhay ng patay? 22. Kung nagkaroon man dito (sa kalangitan at kalupaan) ng iba pang mga diyos maliban kay Allah, kung gayon, katotohanang sila ay kapwa mawawasak. Luwalhatiin si Allah, ang Panginoon ng Luklukan, (higit Siyang Mataas) sa lahat ng mga itinatambal nila sa Kanya! 23. Siya (Allah) ay hindi

maaaring tanungin sa Kanyang ginagawa, samantalang sila ang tatanungin.

24. O nagturing ba sila ng iba pang mga diyos upang sambahin maliban sa Kanya? Ipagbadya: "Dalhin ninyo ang inyong katibayan." Ito (ang Qur'an) ay isang Paala-ala sa mga sumusunod sa akin at gayundin (ay isang Paala-ala) sa mga nangauna sa akin. Datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi nakakabatid ng Katotohanan, kaya sila ay umaayaw. 25. At hindi Namin isinugo ang sinumang Tagapagbalita bago pa sa iyo (O Muhammad), na hindi Namin binigyan ng inspirasyon (na magsabi): "La ilaha illa Ana (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Akin [Allah]), kaya't sambahin Ako (ng Tangi at wala ng iba)."

26. At sila ay nagsisipagturing: "Ang Pinakamapagpala (Allah) ay nagkaroon ng anak (na lalaki o mga supling)." Luwalhatiin Siya! Sila (na tinatawag nilang mga anak ni Allah tulad ng mga anghel, si Hesus na anak ni Maria, si Ezra, atbp.) ay mga mararangal na alipin lamang. 27. Sila ay hindi nangungusap hanggang Siya ay hindi pa nakakapangusap, at sila ay gumagawa ayon sa Kanyang pag-uutos. 28. Talastas Niya kung ano ang nasa harapan nila, at kung ano ang nasa likuran nila, at sila ay hindi makakapamagitan maliban sa kanya na Kanyang maibigan. At sila ay nakatindig ng may pangingimi dahilan sa pangangamba sa Kanya. 29. At kung sinuman sa kanila ang magsabi: "Katotohanang ako ang Ilah (isang diyos) liban pa sa Kanya (Allah)," siya (kung sinuman) ay Aming babayaran ng Impiyerno. Kaya't sa ganito Namin bibigyang ganti ang Zalimun (mga pagano, buktot, atbp.).

30. Hindi baga nababatid ng mga hindi sumasampalataya na ang kalangitan at kalupaan ay magkadikit noon bilang magkabuklod na piraso, at saka Namin pinaghiwalay yaon? At nilikha Namin mula sa tubig ang lahat ng nabubuhay na bagay. Hindi baga sila mananampalataya?

31. At inilagay Namin sa kalupaan ang matatatag na kabundukan, (kung hindi) ito ay mauuga na kasama nila, at inilagay Namin ang maluluwang na daan para sa kanila upang sila ay may madaanan, at nang sila ay mapatnubayan.

32. At ginawa Namin ang kalangitan (alapaap) na isang bubungan, na ligtas at ganap na nababantayan. Datapuwa't sila ay nagsilayo sa kanilang mga Tanda (tulad ng araw, buwan, hangin, ulap, atbp.). 33. At Siya ang lumikha ng gabi at ng maghapon, at ng araw at ng buwan, ang bawa't isa ay nasa orbito (pag-inog) na lumulutang.

34. At hindi Namin ipinagkaloob sa sinumang tao ang imortalidad (kawalan ng kamatayan) maging noong una pa sa iyo (O Muhammad), kaya't kung ikaw ay mamatay, sila ba ay mabubuhay nang walang hanggan? 35. Ang bawat tao (kaluluwa) ay makakalasap ng kamatayan, at kayo ay Aming susubukan sa kabutihan at kasamaan, at kayo sa Amin ay ibabalik.

36. At kung ang mga hindi sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) ay makita ka (O Muhammad), ikaw ay hindi nila pinapansin maliban na ikaw ay libakin na nagsasabi: "Siya ba (Muhammad) ang nagsasabi ng masama tungkol sa inyong mga diyos?" At sila ay lumalapastangan (hindi naniniwala) kapag nababanggit ang Pinakamapagpala (Allah)!

37. Ang tao ay nilikha sa pagmamadali (o isang likha na nagmamadali), ipapakita Ko sa inyo ang Aking Ayat

(parusa, mga katibayan, talata, aral, tanda, atbp.). Kaya't huwag ninyong hilingin na Aking madaliin (ang mga ito). 38. At sila ay nagsasabi: "Kailan baga ang pangakong ito (ay mangyayari), kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan?" 39. Kung ang mga hindi sumasampalataya ay nakakaalam lamang (ng oras), sa sandaling hindi nila maitataboy ang Apoy sa kanilang mukha, gayundin sa kanilang likuran, at sila ay hindi matutulungan. 40. Hindi, ito (ang parusa ng Impiyerno [Apoy] sa Araw ng Muling Pagkabuhay) ay daratal sa kanilang lahat nang kaginsa-ginsa at sila ay magugulumihanan, at sila ay walang kapangyarihan na hadlangan ito, gayundin sila ay hindi magkakamit ng palugit. 41. Katotohanang (maraming) mga Tagapagbalita ang nilibak nang una pa sa iyo (O Muhammad), datapuwa't ang kanilang mga mapanuya ay napapaligiran ng gayong bagay na kanilang tinutudyo.

42. Ipagbadya: "Sino kaya baga ang makakapangalaga sa inyo sa gabi o sa araw (sa kaparusahan) ng Pinakamapagpala (Allah)? Hindi, subalit sila ay nagsitalikod sa pag-aala-ala sa kanilang Panginoon. 43. O sila kaya ay may aliah (mga diyos) na makakapangalaga sa kanila laban sa Amin? Sila ay walang kapangyarihan upang tulungan ang kanilang sarili, gayundin sila ay hindi mapapangalagaan laban sa Amin (alalaong baga, sa Aming parusa).

44. Hindi, Aming ipinagkaloob ang mga karangyaan sa buhay na ito sa gayong mga tao at sa kanilang mga ninuno hanggang ang panahon ay naging matagal sa kanila. Hindi baga nila namamalas na unti-unti Naming binabawasan ang kalupaan (na nasa kanilang pamamahala) mula sa malalawak na hangganan? Sila baga ang mangingibabaw?

45. Ipagbadya (O Muhammad): "Aking binibigyang babala lamang kayo sa pamamagitan ng kapahayagan (ni Allah at hindi ng aking sariling kuru-kuro o ng mga pantas). Datapuwa't ang bingi (na sumunod sa bulag na pagtuturo ng iba at ng mga pantas) ay hindi makakarinig sa panawagan, (kahit na) sila ay paalalahanan (alalaong baga, sinuman ay marapat na sumunod lamang sa Qur'an at Sunna, mga pamamaraan at gawa at pagsamba mula sa pahayag ni Propeta Muhammad at ng kanyang mga Kasamahan). 46. At kung ang isang hibla (maliit na kapinsalaan) ng Kaparusahan ng inyong Panginoon ay sumaling sa kanila, katiyakang sila ay mananaghoy: "Sa aba namin!" Katotohanang kami ay naging Zalimun (mga pagano, buhong, buktot, atbp.).

47. At itatatag Namin ang timbangan ng katarungan sa Araw ng Muling Pagkabuhay, kaya't walang sinuman ang tuturingan ng kawalang katarungan sa lahat ng bagay. At kung mayroon mang (gawa) na katulad ng bigat ng isang buto ng mustasa, ito ay Aming itatambad. At Kami ay Sapat na bilang Tagapagsulit.

48. At katotohanang ipinagkaloob Namin kay Moises at Aaron ang Pamantayan ng (tama at mali), at isang nagluluningning na Liwanag (alalaong baga, ang Torah [mga Batas]), at isang Paala-ala sa Muttaqun (matutuwid, matimtiman at mabubuting tao). 49. Sila na may pagkatakot sa kanilang Panginoon kahit hindi Siya nakikita, habang sila ay nangangamba sa Oras. 50. At ito ang pinagpalang Paala-ala (ang Qur'an) na Aming ipinanaog, kayo baga ay (hahamon) na itakwil ito?

51. At katotohanan, noong pang una ay Aming ipinagkaloob kay Abraham ang kanyang (bahagi) ng

patnubay, at Kami ang Lubos na Nakakatalos sa kanya (tungkol sa kanyang paniniwala sa Kaisahan ni Allah, atbp.). 52. Nang kanyang ipagturing sa kanyang ama at sa kanyang pamayanan: "Ano ang mga larawang ito (mga imahen) na inyong pinagsisilbihan at pinagkakaabalahan?" 53. Sila ay nagsabi: "Nakagisnan na namin ang aming mga ninuno na sumasamba sa kanila." 54. Siya (Abraham) ay nagsabi: "Katotohanang kayo at ang inyong mga ninuno ay nasa maliwanag na kamalian."

55. Sila ay nagsabi: "Dinala mo ba sa amin ang Katotohanan, o ikaw ay isa sa mga nagtatawa (tungkol sa pagsamba sa mga imahen)?" 56. Siya ay nagsabi: "Hindi, ang inyong Panginoon ay Siyang Panginoon ng kalangitan at kalupaan na lumikha sa kanila, at ako ay isa sa mga Saksi (sa ganitong katotohanan). 57. "At sa pamamagitan ni Allah, ako ay magbabalak ng isang plano (upang wasakin) ang inyong mga diyus-diyosan (imahen) matapos na kayo ay umalis at magsitalikod." 58. Kaya't winasak niya ito (mga imahen) sa maraming piraso, (ang lahat-lahat) maliban lamang sa pinakamalaki sa mga ito, upang sila ay makapansin dito.

59. Sila ay nagsabi: "Sino ang gumawa nito sa aming aliah (mga diyos)? Katiyakang siya ay isa sa mga mapaggawa ng kamalian." 60. Sila ay nagsabi: "Narinig namin ang isang binata na nagsasabi (ng laban) sa mga ito (imahen) na ang pangalan ay Abraham." 61. Sila ay nagsabi: "Kung gayon, dalhin siya sa harap ng paningin ng mga tao, upang sila ay magsisaksi." 62. Sila ay nagsabi: "Ikaw nga ba O Abraham ang gumawa nito sa aming mga diyos?" 63. Siya (Abraham) ay nagsabi: "Hindi, ito, ang pinakamalaki sa kanila

(imahen) ang gumawa nito. Inyong tanungin sila kung sila ay nakakapagsalita?"

64. Kaya't sila ay nagsang-usap-usapan sa isa't isa at nagsabi: "Katotohanang ikaw ay Zalimun (buktot, mapaggawa ng kamalian)." 65. At (muli) sila ay nagsang-usap-usapan at pumakli: "Katotohanan na ganap mong alam na ang (mga imaheng) ito ay hindi nakakapagsalita!" 66. (Si Abraham) ay nagturing: "Sinasamba ba ninyo maliban kay Allah ang mga bagay na hindi makakapagbigay sa inyo ng kapakinabangan , o makakapaminsala sa inyo?" 67. "Kasumpa-sumpa kayo, at gayundin ang mga sinasamba ninyo maliban pa kay Allah! Wala baga kayong pag-iisip?"

68. Sila ay nagsabi: "Sunugin siya, at pangalagaan ninyo ang inyong mga diyos, kung mayroon (man) kayong gagawin (sa lahat ng bagay)!" 69. Kami (Allah) ay nagwika: "O Apoy! Maging malamig ka at mangalaga ka kay Abraham!" 70. At ninais nila na saktan siya, datapuwa't Aming ginawa sila na pinakamasamang talunan.

71. At Aming iniligtas siya at si Lut sa lupain na Aming pinagpala para sa Aalamin (lahat ng mga nilalang). 72. At ipinagkaloob Namin sa kanila si Isaac, at ng dagdag na gantimpala (apong lalaki) na si Hakob. Ang bawat isa ay Aming ginawang matuwid. 73. At sila ay ginawa Naming mga pinuno, na namamatnubay (sa sangkatauhan) sa pamamagitan ng Aming Pag-uutos, at itinanim Namin sa kanilang (puso) ang paggawa ng mga kabutihan, ang ganap na pag-aalay nang mahinusay na Salah (takdang pagdarasal), at ang pagbibigay ng Zakat (katungkulang kawanggawa), at tanging sa Amin lamang ang kanilang pagsamba.

74. At (alalahanin) si Lut, Aming ipinagkaloob sa kanya

ang Hukman (tamang paghatol sa pamamalakad at pagkapropeta) at Karunungang (pangrelihiyon), at Aming iniligtas siya sa mga tao (pamayanan) na gumagawa ng Al-Khabaith (kasamaan, buktot at malalaswang gawa, atbp.). Katotohanang sila (ang pamayanan ni Lut) ay mga tao na inilaan sa kasamaan at sila ay Fasiqun (suwail, taksil, palasuway kay Allah). 75. At siya ay tinanggap Namin sa Aming Habag, katotohanang siya ay isa sa mga matutuwid.

76. At (alalahanin) si Noe, nang siya ay nanambitan sa Amin noon pang unang panahon. Kami ay duminig sa kanyang panalangin at Aming iniligtas siya at ang kanyang pamilya sa malaking paghihirap. 77. Siya ay Aming tinulungan laban sa mga tao na nagtatatwa sa Aming Ayat (mga katibayan, talata, aral, tanda, atbp.). Katotohanang sila ay mga tao na inilaan sa kasamaan. Kaya't silang lahat ay Aming nilunod.

78. At (alalahanin) si David at Solomon, nang sila ay naglapat ng hatol sa kaso ng isang bukirin, na kung saan ang mga tupa ng ibang tao ay nanginain dito sa gabi at Kami ang naging Saksi sa kanilang paghatol. 79. At ginawa Namin na maunawaan ni Solomon (ang kaso), at sa bawat isa sa kanila, Kami ay naggawad ng Hukman (tamang paghatol sa mga bagay-bagay at ng pagkapropeta) at Karunungan. At Aming ipinailalim ang mga kabundukan at mga ibon upang luwalhatiin ang Aming mga Papuri na kasama ni David. At Kami ang gumawa (ng lahat ng mga ito). 80. At siya ay tinuruan Namin nang paggawa ng kalasag mula sa metal (para sa mga digmaan), upang mapangalagaan kayo sa inyong pakikipaglaban. Kayo baga ay magbibigay ng pasasalamat?

81. At kay Solomon, (Aming ipinailalim) sa kanya ang

malakas na hangin na nagngangalit, na sumusunod sa kanyang pag-uutos patungo sa lupain na Aming pinagpala. At sa lahat-lahat, Kami ang Ganap na Nakakabatid. 82. At sa mga demonyo (mula sa mga Jinn), ang ilan sa kanila ay bumulusok para sa kanya, at liban pa rito ay gumawa pa ng ibang gawa; at Kami ang nangalaga sa kanila.

83. At (alalahanin) si Job, nang siya ay manawagan sa kanyang Panginoon: "Katotohanan, ang hapis ay sumakmal sa akin, at Kayo ang Pinakamaawain sa lahat ng mga nagpapamalas ng Habag." 84. Kaya't Aming tinugon ang kanyang panambitan, at Aming pinalis ang hapis na nasa kanya, at Aming ibinalik ang kanyang pamilya sa kanya (na nawalay sa kanya), at pinag-ibayo ang kanilang bilang (tinipon ang mga katulad niya), bilang isang Habag mula sa Amin at bilang isang Pagpapaala-ala sa mga sumasamba sa Amin.

85. At (alalahanin) si Ismail, at Idris (Enoch) at Dhul-Kifl, sila ay kasama sa lipon na nagbabata ng pagtitiis. 86. At Aming tinanggap sila sa Aming Habag. Katotohanang sila ay nasa lipon ng mga matutuwid.

87. At (alalahanin) si Dhan-Nun (Jonah), nang siya ay lumisan na napopoot; na nag-akala na Kami ay walang kapamahalaan sa kanya (upang parusahan siya, alalaong baga, sa mga kalamidad na nangyari sa kanya). Datapuwa't siya ay nanambitan sa oras ng kalaliman ng gabi (na nagsasabi): "La ilaha illa Anta (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Inyo [Allah]). Higit Kayong Maluwalhati (at Kataas-taasan), sa lahat ng (gayong kasamaan) na kanilang itinatambal (sa Inyo). Katotohanang ako ay nakagawa ng kamalian."

88. Kaya't tinugon Namin ang kanyang pagluhog, at Aming iniligtas siya sa kapighatian. Sa gayon Namin inililigtas ang mga sumasampalataya (na nananalig sa Kaisahan ni Allah, umiiwas sa kasamaan at gumagawa ng kabutihan).

89. At (alalahanin) si Zakarias, nang siya ay dumalangin sa kanyang Panginoon: "O aking Panginoon! Ako ay huwag Ninyong pabayaan na nag-iisa (na walang mga anak), bagama't Kayo ang Pinakamainam sa mga Tagapagmana." 90. Kaya't dininig Namin ang kanyang panambitan at iginawad Namin sa kanya si Juan, at Aming pinagaling ang kanyang asawa (upang magdalang tao) para sa kanya. Katotohanang sila ay lagi nang maagap sa paggawa ng mabubuti, at sila ay laging tumatawag sa Amin ng may pag-asa at pangangamba, at sila ay lagi nang nagpapakumbaba sa Aming harapan.

91. At (alalahanin) siya na nangangalaga sa kanyang kapurihan at kalinisan (Birheng Maria); siya ay Aming hiningahan (sa manggas) ng kanyang (kasuutan) ng Aming Ruh [Espiritu] (sa pamamagitan ni Anghel Gabriel), at Aming ginawa siya at ang kanyang anak (na si Hesus) na isang Tanda sa lahat ng mga nilalang.

92. Katotohanan! Ito, ang inyong relihiyon (ang Islam at Kaisahan ni Allah) ay isang relihiyon, at Ako ang inyong Panginoon, kaya't tanging Ako lamang ang sambahin ninyo. 93. Datapuwa't sila (ang mga pagano, mapagsamba sa diyus-diyosan, Hudyo, Kristiyano, atbp.) ay sumira at nagpangkat-pangkat ng kanilang relihiyon (nilabag ang Kaisahan ni Allah at ang Islam sa pamamagitan ng iba't ibang sekta) sa lipon nila. (At) silang lahat ay muling magbabalik sa Amin. 94. Kaya't sinuman ang gumawa ng

matutuwid na gawa habang siya ay nananampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam), ang kanyang mga pagsisikhay ay hindi tatanggihan. Katotohanang itinatala Namin ito sa kanyang Aklat ng mga gawa.

95. Isang pagbabawal ang inilaan sa lahat ng bawat bayan (pamayanan) na Aming winasak, na sila ay hindi na makakabalik (na muli sa mundong ito, gayundin ang magsisi sa Amin). 96. Hanggang kung sina Gog at Magog (mga tribo o tao) ay hayaan na makawala (sa kanilang hadlang), at sila ay mabilis na magsipangakalat sa bawat talampas. 97. At ang Tunay na Pangako (Araw ng Muling Pagkabuhay) ay malapit na (sa katuparan). At kung (ang sangkatauhan ay ibangon na mula sa kanilang libingan), mapagmamalas ninyo ang mga mata ng mga hindi sumasampalataya na nakatitig sa pagkasindak. (Sila ay mangungusap): "Sa aba namin! Katotohanang kami ay hindi sumunod dito; hindi, (walang alinlangan) na kami ay Zalimun (buhong, buktot, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, atbp)."

98. Katiyakan! Kayo (na hindi sumasampalataya) at gayundin ang inyong mga sinasamba maliban pa kay Allah, ay (wala ng iba) kundi mga panggatong sa Impiyerno! (Katotohanang) kayo ay magsisipasok dito. 99. Kung ang mga (imaheng ito, atbp.) ay naging mga diyos (nga), sila sana ay hindi magsisipasok dito (Impiyerno), [datapuwa't] silang lahat ay mananatili rito. 100. Dito sila ay magsisihikbi at magbubuntong-hininga nang malalim at ang paghalinghing ang kanilang daranasin, at sila rito ay hindi makakarinig. 101. Katotohanang sila na ang kabutihan ay nanggaling sa Amin, sila ay ilalayo rito (Impiyerno, [katulad ni Hesus na anak ni Maria, Ezra, atbp.]). 102. Hindi nila mapapakinggan

ang pinakamaliit na ingay nito (Impiyerno), habang sila ay nananahan sa lugar ng (anumang) naisin ng kanilang sarili. 103. Ang Pinakamalaking Sindak (sa Araw ng Muling Pagkabuhay) ay hindi magbibigay hapis sa kanila, at ang mga anghel ay sasalubong sa kanila (na may pagbati): "Ito ang inyong Araw na sa inyo ay ipinangako."

104. At (alalahanin) ang Araw na Aming babalunbunin ang kalangitan na tulad ng papel na nakabalunbon para sa mga aklat, at (kung paano) Namin sinimulan ang unang paglikha, Aming panunumbalikin itong muli, (ito) ay pangako na Aming tutuparin sa inyo. Katotohanang Aming tutuparin ito. 105. At katotohanang Aming isinulat sa Zabur (alalaong baga, ang lahat ng mga Aklat ng Kapahayagan tulad ng Torah, Ebanghelyo, ang Qur'an) matapos (na Aming maisulat) ito sa Al-Lauh Al-Mahfuz (ang Aklat na nasa pag-iingat ni Allah sa Kalangitan), upang ang Aking mabubuting lingkod ay magmana sa Kalupaan (alalaong baga, sa kalupaan ng Paraiso). 106. Katotohanang dito (sa Qur'an) ay mayroong maliwanag na Mensahe sa mga tao na sumasamba kay Allah (alalaong baga, ang tunay na nananalig sa Islam, sumusunod sa Qur'an at sa mga pamamaraan ng Propeta).

107. At ikaw (O Muhammad) ay hindi Namin isinugo, maliban lamang na tanging Habag sa Aalamin (sangkatauhan, mga Jinn, at lahat ng mga nilalang). 108. Ipagbadya (O Muhammad): "Sa akin ay ipinahayag na ang inyong Ilah (Diyos) ay isa lamang Ilah (Diyos, si Allah). Hindi baga kayo tatalima sa Kanyang Kalooban (na maging Muslim at magtigil sa pagsamba sa iba pa maliban kay Allah)?" 109. Datapuwa't kung sila (mga

pagano, mapagsamba sa diyus-diyosan, Hudyo, Kristiyano, atbp.) ay magsitalikod (sa Islam at Kaisahan ni Allah), ipagsaysay mo sa kanila (O Muhammad): "Ipinahayag ko sa inyong lahat ang Mensahe sa Katotohanan (o babala ng labanan), na maging lantad sa ating lahat, subalit hindi ko nababatid kung ang ipinangako sa inyo (alalaong baga, ang kaparusahan sa Araw ng Muling Pagkabuhay) ay malapit na o malayo pa. 110. Ipagbadya mo (O Muhammad): "Katotohanang Siya (Allah) ang nakakabatid kung ano ang inyong ipinangungusap nang malakas (lantad) at gayundin ang inyong ikinukubli. 111. At hindi ko (ito) batid, marahil ito ay isa lamang pagsubok sa inyo, at isang pansamantalang pagsasaya lamang. 112. Ipagbadya (O Muhammad): "Aking Panginoon! Kayo ang humahatol sa katotohanan! Ang aming Panginoon ang Pinakamapagpala. Ang Kanyang tulong at tangkilik ang marapat lamang na hanapin laban sa mga kalapastanganan na inyong ipinangungusap (tungkol kay Allah, na Siya ay may anak; tungkol kay Muhammad, na siya ay manggagaway; tungkol sa Qur'an, na ito ay isang tulain, atbp.)!

SURAH 22 • AL-HAJJ

ANG PILGRIMAHE

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. O sangkatauhan! Pangambahan ninyo ang inyong Panginoon at maging masunurin sa Kanya! Katotohanan,

ang lindol sa Oras (ng Paghuhukom) ay isang kasindak-sindak na bagay. 2· Sa Araw na mapagmamalas ninyo ito, ang bawat nagpapasusong ina sa kanyang anak ay makakalimot sa kanyang inaalagaan, at ang bawat nasa sinapupunan ng nagdadalang taong babae ay malalaglag (siya ay makukunan), at inyong mamamasdan ang sangkatauhan na waring mga lasing, ngunit sila ay hindi malalango, datapuwa't napakatindi ng Kaparusahan ni Allah. 3· At mayroon sa karamihan ng sangkatauhan ang nakikipagtalo tungkol kay Allah, ng walang kaalaman, at sumusunod sa bawat mapaghimagsik (palasuway kay Allah) na demonyo (salat sa lahat ng uri ng kabutihan). 4· At para sa kanya (demonyo), rito ay ipinag-utos, ang sinumang sumunod sa kanya, kanyang ililigaw siya, at siya ay kakaladkarin niya sa Kaparusahan ng Apoy.

5· O sangkatauhan! Kung kayo ay nag-aalinlangan tungkol sa Muling Pagkabuhay, kung gayon, katotohanang Aming nilikha kayo (tulad ni Adan) mula sa alabok, at mula sa Nutfah (magkahalong semilya ng lalaki at babae), at mula sa kimpal (isang makapal na piraso ng namuong dugo), at sa maliit na tambok ng laman, ang iba ay nagkahubog at ang iba ay hindi nahubog (nakunan o nalaglag sa pagdadalang-tao), upang magawa Namin (ito) na maliwanag sa inyo (alalaong baga, ang maipamalas ang Aming kapangyarihan at kakayahan na magawa ang anumang Aming maibigan). At pinahihintulutan Namin ang sinumang Aming maibigan na manatili sa loob ng sinapupunan (ng babae) sa isang natatakdaang panahon, at Aming iniluwal kayo bilang mga sanggol, (at binigyan kayo ng kakayahang lumaki) upang inyong sapitin ang gulang ng may hustong lakas.

At sa lipon ninyo ay mayroong namamatay (na bata pa), at sa lipon ninyo ay mayroong nagbabalik sa mahirap na katandaan, kaya't wala siyang natatandaan matapos na kanyang maalaman ([noon], o nagiging ulyanin o isip-bata). At namamasdan ninyo ang kalupaan na tuyot, datapuwa't nang Aming pamalibisbisin ang tubig (ulan) sa mga ito, ito ay naantig sa pagkabuhay, ito ay nanariwa at tumubo rito ang lahat ng uri ng kaakit-akit na pagtubo. 6. Ito'y sapagkat si Allah, Siya ang Katotohanan, at Siya ang nagbibigay ng buhay sa patay, at Siya ang Nakakagawa ng lahat ng bagay. 7. At katotohanan, ang Oras ay daratal, walang alinlangan tungkol dito, at katiyakan, na si Allah ay magpapabangon sa mga nasa libingan.

8. At sa karamihan ng mga tao ay mayroong nakikipagtalo tungkol kay Allah, ng walang kaalaman o patnubay, o ng isang Aklat na nagbibigay liwanag (mula kay Allah), - 9. Na naglilingon ng kanyang leeg sa kapalaluan (na malayo sa Landas ni Allah), at namumuno (sa iba) na (higit) na mapaligaw nang malayo sa Landas ni Allah. Sa kanya ay mayroong kahihiyan sa buhay sa mundong ito, at sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay Aming ipapalasap sa kanya ang sakit ng nagliliyab (na Apoy). 10. Ito'y dahilan sa mga idinulot (ginawa) ng iyong mga kamay, at katotohanang si Allah ay makatarungan sa Kanyang mga alipin.

11. At sa lipon ng mga tao ay may mga sumasamba kay Allah nang gayon, na nasa sa gilid (ng pag-aalinlangan), kung ang mabuting kalusugan ay nasa kanya, siya ay nasisiyahan na rito, datapuwa't kung ang pagsubok ay dumatal sa kanya, ang kanyang mukha ay tumitingin nang patalikod (alalaong baga, bumalik sa kawalan ng pananampalataya pagkatapos

na yumakap sa Islam). Siya ay kapwa nawalan (ng buhay) sa mundong ito at sa Kabilang Buhay. Ito ang lantad na pagkatalo.

12. Siya ay tumatawag sa iba pa maliban kay Allah na hindi naman nakapagbibigay ng kasahulan o kapakinabangan sa kanya. Katotohanang ito ay pagkaligaw na malayo. 13. Siya ay tumatawag sa kanya na ang kapahamakan ay higit na malapit kaysa kapakinabangan; katotohanang isang masamang maula (patron o idolo), at katiyakang isang masamang kaibigan! 14. Katotohanang si Allah ay tatanggap sa mga sumasampalataya (sa Islam at sa Kaisahan ni Allah) at nagsisigawa ng kabutihan (ayon sa Qur'an at sa pagtuturo ng Propeta), sa mga Halamanan na sa ibaba nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso). Katotohanang si Allah ay gumagawa ng anumang Kanyang naisin.

15. Kung sinuman ang nag-aakala na si Allah ay hindi tutulong sa kanya (Muhammad) sa mundong ito at sa Kabilang Buhay, hayaan siyang magsabit ng lubid sa kisame at hayaang bigtihin niya ang kanyang sarili. Kaya't hayaang mamasdan niya kung ang kanyang balak ay makapag-aalis ng gayong (bagay) kung saan siya nagagalit! 16. Kaya't Aming ipinadala ito (ang Qur'an) nang papanaog (kay Muhammad) bilang Maliwanag na mga Tanda (katibayan), at katotohanang si Allah ay namamatnubay sa sinumang Kanyang maibigan.

17. Katotohanang sila na mga sumasampalataya (kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalitang si Muhammad), at ang mga Hudyo, ang mga Sabiano, ang mga Kristiyano, at mga Magiano, at sila na mga sumasamba sa iba bukod pa kay Allah, katotohanang si Allah ang hahatol sa pagitan nila sa

Araw ng Muling Pagkabuhay. Katotohanang si Allah ang Saksi sa lahat ng bagay.

18. Hindi baga ninyo namamasdan na kay Allah ay nagpapatirapang lahat ang anumang nasa kalangitan at kalupaan, at ang araw, at ang buwan, at ang mga bituin, at kabundukan, ang mga punongkahoy, ang mga hayop, at ang marami sa mga tao? Datapuwa't marami sa mga (tao) na ang (ilalapat na) kaparusahan ay makatwiran (o mapapangatwiranan). At kung sinuman ang bigyan ni Allah ng kahihiyan, walang makakapagbigay sa kanya ng karangalan. Katotohanang si Allah ay gumagawa ng anumang Kanyang naisin.

19. Ang dalawang magkalabang ito (ang sumasampalataya at hindi sumasampalataya) ay nagsisipagtalo sa isa't isa tungkol sa kanilang Panginoon, at sa mga hindi nananampalataya, ang mga damit na gawa sa apoy ay tatabasin para sa kanila, at kumukulong tubig ang ibubuhos sa kanilang ulo. 20. Sa pamamagitan nito ay malulusaw o maglalaho ang anumang nasa loob ng kanilang tiyan, gayundin ang (kanilang) balat. 21. At sa kanila ay (ipangpaparusa) ang mga piraso ng tuwid na bakal na may sima. 22. Sa bawat oras na naisin nilang makawala rito, dahil sa pagkahapis, sila ay mulang itataboy dito, at sa kanila ay ipagbabadya: "Lasapin ninyo ang kaparusahan ng pagkasunog!"

23. Katotohanang si Allah ay tatanggap sa mga nananampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at nagsisigawa ng kabutihan, sa mga Halamanan na sa ibaba nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (sa Paraiso), rito sila ay papalamutihan ng mga pulseras na gawa sa ginto at perlas at ang kanilang magiging kasuotan dito ay sutla.

24. At sila ay napapatnubayan (sa mundong ito) tungo sa isang magandang pangungusap (tulad ng La ilaha ill Allah, Alhamdullilah, pagdalit ng Qur'an, atbp.) at sila ay napapatnubayan sa Kanyang Landas (sa relihiyon ni Allah at sa Kanyang Kaisahan), na Siya (lamang) ang karapat-dapat na pag-ukulan ng lahat ng mga Pagpupuri.

25. Katotohanan, sila na mga hindi sumasampalataya at humahadlang (sa mga tao) tungo sa Landas ni Allah, at sa Masjid Al Haram (sa Makkah) na ginawa Naming bukas sa (lahat) ng mga tao, at sa naninirahan dito at sa panauhin mula sa bansa ay magkapantay dito (kung tungkol sa kabanalan ng Hajj at Umra). At sinumang kumiling sa gawang masama rito o gumawa ng kamalian (alalaong baga, ang sumamba sa mga diyus-diyosan at talikuran ang Islam at Kaisahan ni Allah), ay hahayaan Naming lasapin niya ang masakit na kaparusahan.

26. At (alalahanin) nang Aming ipamalas kay Abraham ang lugar (ng Banal) na Tahanan (ang Ka'ba sa Makkah) na (nagsasabi): "Huwag kayong magtambal ng anupaman sa pagsamba sa Akin, [La ilaha ill Allah] (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah), at pakabanalin ninyo ang Aking Tahanan tungo sa kanila na mga nagsisiikot dito, at sa mga nagsisitindig sa pagdalangin, at sa mga yumuyukod (sa kapakumbabaan at pagtalima), at nagpapatirapa (sa pagdalangin, atbp.)."

27. At ipagbadya sa sangkatauhan ang Hajj (Pilgrimahe). Sila ay daratal sa iyo sa kanilang mga paa at (nakasakay) sa bawat balingkinitang kamelyo, sila ay manggagaling sa bawat malalim at malayo (maluwang) na daang bulubundukin (upang mag-alay ng Hajj). 28. Upang kanilang

mamalas ang mga bagay na may kapakinabangan sa kanila (alalaong baga, ang gantimpala ng Hajj sa Kabilang Buhay, gayundin sa ilang makamundong pakinabang tulad ng pagtitinda, kalakal, atbp.), at banggitin ang pangalan ni Allah sa mga itinakdang araw (alalaong baga, sa ika 10, 11, 12, 13 ng Dhul Hijja), sa ibabaw (o harapan) ng mga hayop na Kanyang ipinagkaloob sa kanila (para sa sakripisyo), sa oras nang kanilang pagkatay na nagsasabi: (Bismillah, Wallahu Akbar, Allahumma Minka wa Ilaik). At magsikain kayo rito at pakainin ang mga mahihirap na naghihikahos.
29. At hayaan nilang buuin ang mga nakatalagang tungkulin (Manasik ng Hajj) sa kanila, at isagawa ang kanilang pangako (mga ritwal), at magsiikot sa Sinaunang Tahanan (ang Ka'ba sa Makkah).

30. Ang Manasik na ito (ang mga nakatalagang tungkulin sa Hajj ay isang obligasyon na utang ng mga tao kay Allah), at kung sinuman ang magparangal sa mga banal na bagay ni Allah, ito ay higit na mabuti sa kanya sa paningin ng kanyang Panginoon. Ang mga hayop ay pinahihintulutan sa inyo, maliban sa mga babanggitin sa inyo (na hindi kasali). Kaya't talikdan ninyo ang karumal-dumal (ang pagsamba sa mga diyus-diyosan) at talikdan ang kasinungalingan (mga huwad na pangungusap).

31. Hunafa Lillah (alalaong baga, ang sumamba ng wala ng iba kundi kay Allah), at hindi pagtatambal ng kasama sa Kanya (sa pagsamba) at sinumang magtalaga ng katambal kay Allah, ang makakatulad niya ay wari bang siya ay nahulog sa alapaap (kaitaasan), at ang mga ibon ay umagaw sa kanya, o ang hangin ay nagtapon sa kanya sa isang malayong lugar.

32. Kaya't ang mga ito (ang mga nabanggit sa talata

27 hanggang 31, ay isang obligasyon ng tao na nakalaan kay Allah). At sinumang magparangal sa mga Tanda ni Allah, kung gayon, ito ay katotohanang nanggagaling sa kataimtiman ng puso. 33. Sa kanila (ang mga hayop na inialay sa sakripisyo) ay mga kapakinabangan sa inyo sa natatakdaang araw, at pagkatapos, sila ay dinala upang isakripisyo sa Sinaunang Tahanan (ang Haram, ang sagradong teritoryo ng lungsod ng Makkah).

34. At sa bawat bansa, Kami ay nagtalaga ng panrelihiyong mga seremonya, upang kanilang mabanggit ang Pangalan ni Allah sa ibabaw (o harapan) ng mga hayop na Kanyang ipinagkaloob sa kanila bilang pagkain. At ang inyong Ilah (Diyos) ay Isang Ilah (Diyos, si Allah), kaya't sa Kanya lamang kayo sumuko (sa Islam). At ikaw (O Muhammad), ay magpahayag ng magandang balita sa Mukhbitin (yaong mga sumusunod kay Allah ng may kapakumbabaan at may mababababang loob sa gitna ng mga sumasampalataya sa Islam at sa Kaisahan ni Allah). 35. Sila na ang puso ay tigib ng pangangamba kung si Allah ay nababanggit; na matiyagang nagbabata sa anumang sumapit sa kanila (na kapinsalaan), at sila na mga nagsisipag-alay ng Salah (palagiang pagdarasal) nang mahinusay, at gumugugol (sa Kapakanan ni Allah) mula sa mga biyaya na Aming ipinagkaloob sa kanila.

36. At sa Budn (mga baka, kamelyo, o tupa na dala bilang pang-alay na sakripisyo ng mga nagpipilgrimahe sa Santuwaryo ng Makkah). Ginawa Namin sa inyo bilang (isa) sa mga Tanda ni Allah, dito kayo ay may higit na kapakinabangan. Kaya't banggitin ninyo ang Pangalan ni Allah kung sila ay ilabas na at ihanay (upang isakripisyo). Kaya't kung sila ay maitumba na ninyo (matapos ang

pagkatay), kayo ay magsikain dito, at pakainin ninyo ang mga pulubi na hindi nanghihingi (sa mga tao), at mga pulubi na namamalimos (sa mga tao). Kaya't ginawa Namin na sila ay mapailalim sa inyo, upang kayo ay magkaroon ng damdamin ng pasasalamat. 37. Hindi ang kanilang laman o dugo ang nakakarating kay Allah, datapuwa't ang katausan (o kataimtiman) mula sa inyo ang sumasapit sa Kanya. Kaya't ginawa Namin na mapailalim sila sa inyo upang inyong itampok si Allah sa Kanyang naging patnubay sa inyo. At ibigay mo (O Muhammad) ang magandang balita sa Muhsinun (lahat ng mga gumagawa ng kabutihan).

38. Katotohanang si Allah ang nagtatanggol sa mga sumasampalataya. Katotohanan! Si Allah ay hindi umiibig sa mga taksil at mga walang utang na loob sa Kanya (sila na mga sumusuway kay Allah, datapuwa't sumusunod kay Satanas). 39. Ang kapahintulutan upang makipaglaban ay iginawad sa kanila (alalaong baga, ang mga sumasampalataya laban sa mga hindi sumasampalataya), na kumakalaban sa kanila, (at) dahilan sa sila (na mga sumasampalataya) ay ginawan ng kamalian, at katotohanang si Allah ay makapagkakaloob sa kanila (mga sumasampalataya) ng tagumpay - 40. Sila na mga itinaboy sa kanilang mga tahanan ng walang katarungan sapagkat sila ay nagtatanggol sa karapatan (at sa kadahilanan) na sila ay nagsasabi ng: "Ang aming Panginoon ay si Allah". At kung hindi (sana) nilapatan ni Allah ang isang lipon ng mga tao sa pamamagitan ng iba, katotohanang dito ay igugupo ang mga monasteryo, mga simbahan, mga sinagoga, at mga moske, kung saan ang Ngalan ni Allah ay ginugunita nang masagana. Katotohanang si Allah ay tutulong sa mga tao na tumutulong sa Kanyang

(Kapakanan). Katotohanang si Allah ang Ganap na Malakas, ang Lubos na Makapangyarihan.

41. Sila (na mga Muslim na namumuno), na kung sila ay Aming pagkakalooban ng kapangyarihan sa kalupaan, (sila) ay nag-uutos sa Salah (palagiang pagdarasal nang mahinusay), at pagbabayad ng Zakah (takdang tulong na pangkawanggawa) at sila ay nag-aanyaya sa Al-Maruf (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam at sa lahat ng ipinag-uutos nito) at nagbabawal sa Al-Munkar (paganismo, kawalan ng pananampalataya at lahat ng ipinagbabawal sa Islam). At kay Allah nakasalalay ang kahihinatnan ng (lahat) ng pangyayari (ng mga nilalang).

42. At kung ikaw ay pinasisinungalingan nila (O Muhammad), gayundin naman nila pinasinungalingan ang mga Propeta na una pa sa kanila, (sa panahon) ng mga tao ni Noe, A'ad at Thamud, 43. At sa mga tao ni Abraham at ng mga tao ni Lut, 44. At sa mga naninirahan sa Madyan (Midian), at pinasinungalingan (nila) si Moises, datapuwa't Aking binigyan ng bahagyang palugit ang mga hindi sumasampalataya, at pagkatapos ay Aking sinakmal sila, at masdan kung gaano katindi ang Aking kaparusahan (laban sa kanilang mga kamalian)!

45. At marami ng bayan (pamayanan) ang Aming winasak samantalang sila ay gumon sa mga maling gawa, kaya't ito ngayon ay lugmok na mga guho na (hanggang sa araw na ito) at (marami) ang mga napag-iwanan ng mga tuyong balon at matataas na kastilyo! 46. Hindi baga sila nagsipaglakbay sa kalupaan, at mayroon ba silang mga puso upang makaunawa, at mayroon ba silang mga tainga upang makarinig? Katotohanan, hindi ang mga mata ang

tumutubo (o lumalaki) na bulag, datapuwa't ang puso na nasa dibdib ang tumutubo na bulag.

47. At ikaw ay tinatanong nila na madaliin ang kaparusahan! At si Allah ay hindi makakaligta sa Kanyang Pangako. At katotohanang ang isang Araw kay Allah ay katumbas ng libong taon na inyong binibilang. 48. At maraming bayan (pamayanan) ang Aking binigyan ng palugit samantalang ito ay gumon sa kabuktutan. At (sa katapusan), Aking sinaklot sila (ng kaparu-sahan). At sa Akin ang (huling) pagbabalik (ng lahat).

49. Ipagbadya (O Muhammad): "O sangkatauhan! Ako ay isinugo lamang sa inyo bilang isang lantad na tagapagbabala." 50. Kaya't sila na mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at gumagawa ng kabutihan, sasakanila ang Kapatawaran at Rizqun Karim (matimyas na gantimpala, alalaong baga, ang Paraiso). 51. Datapuwa't sila na mga nagsisikap ng laban sa Aming Ayat (mga katibayan, pahayag, aral, tanda, atbp.) upang biguin at hadlangan sila, sila ang mga maninirahan sa Apoy ng Impiyerno.

52. Hindi Kami kailanman nagsugo ng Tagapagbalita o ng Propeta maging nang una pa man sa iyo, datapuwa't; kung siya ay nagpapahayag ng rebelasyon o nagsasalaysay o nangungusap, si Satanas ay naghahagis (ng ilang kasinungalingan) dito. Datapuwa't si Allah ang pumapalis ng anumang ikinukulapol ni Satanas sa kanila. At si Allah ang nagtitindig ng Kanyang mga Rebelasyon. At si Allah ang Ganap na Nakakaalam, ang Tigib ng Karunungan. 53. Upang gawin Niya (Allah) na ang anumang inihagis ni Satanas ay maging pagsubok sa mga tao na ang mga puso ay may karamdaman (ng pagkukunwari at kawalan ng pananalig),

at ang mga puso ay matitigas. At katotohanan, ang Zalimun (mga buktot, buhong, pagano, atbp.) ay nasa salungat, na lubhang malayo (sa Katotohanan, at laban sa Tagapagbalita ni Allah at sa mga sumasampalataya). 54· Upang sila na mga nabigyan ng karunungan ay makaalam na ito (ang Qur'an) ay ang Katotohanan mula sa inyong Panginoon, at upang sila ay magsisampalataya rito, at ang kanilang puso ay tumalima rito ng may kapakumbabaan. At katotohanang si Allah ang Patnubay ng mga sumasampalataya sa Matuwid na Landas.

55· At sila na mga hindi sumasampalataya ay hindi magsisitigil na laging nag-aalinlangan dito (Qur'an) hanggang ang Oras ay dumatal nang kaginsa-ginsa sa kanila, o sumapit sa kanila ang kaparusahan ng Araw na ito, na pagkaraan nito ay wala nang magiging gabi (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay). 56· Ang Kapamahalaan sa Araw na ito ay tanging kay Allah (Siya na walang katambal). Sila ay hahatulan Niya . Kaya't sila na mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at nagsigawa ng mga kabutihan ay mapapasa-Halamanan ng Kasiyahan (Paraiso). 57· At sila na mga hindi sumasampalataya at nagpasinungaling sa Aming mga Talata (ng Qur'an), sasakanila ang kahiya-hiyang Kaparusahan (ng Impiyerno).

58· Sila na mga nagsilikas tungo sa paglilingkod sa Kapakanan ni Allah at pagkatapos nito ay napatay o namatay, katotohanang si Allah ay magkakaloob sa kanila ng mainam na biyaya. At katotohanan, si Allah lamang ang Pinakamainam sa mga nagkakaloob ng pabuya. 59· Katotohanang sila ay papapasukin Niya sa daan na tunay

namang sila ay masisiyahan, at katotohanang si Allah ay tunay na Pinakamaalam, ang Pinakamapagparaya.

60. At ito nga. At sinuman ang gumanti ng katulad ng kanyang sinapit, at pagkatapos ay muling binigyan ng siphayo, si Allah ay katotohanang tutulong sa kanya. Katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Lagi nang Nagpaparaya.

61. Ito ay dahil si Allah ang naglagom ng gabi sa araw, at Siya rin ang naglagom ng araw sa gabi. At katotohanang si Allah ang Lubos na Nakakarinig, ang Ganap na Nakakamasid.

62. Ito ay dahil si Allah, - Siya ang Katotohanan (ang tunay na Diyos lamang ng lahat ng mga nilalang, na Siya ay walang katambal o karibal sa Kanya), at ang anupamang itinatambal nila (ang mga mapagsamba sa diyus-diyosan) sa Kanya, ito ay Batil (kasinungalingan at kabulaanan). At katotohanang si Allah, - Siya ang Pinakamataas, ang Pinakadakila.

63. Hindi baga ninyo namamasdan na si Allah ang nagpapamalisbis ng tubig (ulan) mula sa alapaap, at (dahil dito) ang kalupaan ay naging luntian? Katotohanang si Allah ang Pinakamabait at Pinakamatulungin, ang Ganap na Nakakatalos ng lahat ng bagay. 64. Siya ang nag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at kalupaan. At katotohanang si Allah, - Siya ay Sagana (walang pangangailangan sa anuman), ang Karapat-dapat sa mga Papuri.

65. Hindi baga ninyo namamasdan (o sangkatauhan) na ipinailalim sa inyo ni Allah ang lahat ng nasa kalupaan, at sa mga barko na naglalayag sa dagat sa pamamagitan ng Kanyang Pag-uutos? Sinusuhayan Niya ang kalangitan na huwag bumagsak sa kalupaan, malibang Kanyang pahintulutan. Katotohanang si Allah sa Sangkatauhan

ay Tigib ng Kabaitan, ang Pinakamaawain. 66. Siya ang naggawad sa inyo ng buhay, at Siya ang magbibigay sa inyo ng kamatayan, at muli ay bubuhay sa inyo (sa Araw ng Muling Pagkabuhay). Katotohanan, ang tao ay tunay na walang pagtanaw ng pasasalamat!

67. Sa bawat bansa (pamayanan) ay itinakda Namin ang mga pangrelihiyong seremonya (alalaong baga, ang pagsasakripisyo ng hayop sa panahon ng Pilgrimahe sa tatlong araw nang pananatili sa Mina rito sa Makkah), na dapat nilang sundin, kaya't huwag hayaan sila (mga pagano) na makipagtalo sa inyo sa mga bagay (na katulad nang pagkain ng inialay na hayop at hindi ng hayop na pinatay ni Allah sa natural na kamatayan), datapuwa't inyong anyayahan sila sa inyong Panginoon. Katotohanan! Ikaw (O Muhammad) ay tunay na nasa Matuwid na Landas (alalaong baga, sa tunay na Relihiyon ng Islam at Kaisahan ni Allah). 68. At kung sila ay makipagtalo sa iyo (tungkol sa pagkakatay ng mga sakripisyo), inyong sabihin: "Si Allah ang ganap na nakakaalam ng inyong ginagawa." 69. "Si Allah ang hahatol sa pagitan ninyo sa Araw ng Muling Pagkabuhay, na tungkol sa bagay na iyan, ay hindi ninyo pinagkakasunduan." 70. Hindi baga ninyo nalalaman na si Allah ang nakakabatid ng lahat ng nasa kalangitan at kalupaan? Katotohanan, ang lahat ng ito ay nasa isang Aklat (Al-Lauh Al-Mahfuz). Katotohanan! Ito ay magaan kay Allah.

71. At sila ay sumasamba sa iba pa maliban kay Allah, doon sa mga bagay na hindi Siya nagpapanaog ng kapamahalaan, na roon ay wala silang kaalaman, at sa Zalimun (mga buktot, buhong, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, atbp.) ay walang makakatulong. 72. At kung ang

Aming Malilinaw na mga Talata ay dinadalit sa kanila, iyong mahahalata ang pagtatakwil sa mukha ng mga hindi sumasampalataya! Sila ay halos handa na, na lusubin ng may karahasan ang mga nagsisidalit ng Aming mga Talata sa kanila. Ipagbadya: "Sasabihin ko ba sa inyo ang isang bagay na masahol pa kaysa rito? Ang Apoy (ng Impiyerno) na ipinangako ni Allah sa mga hindi nananampalataya, at tunay na napakasama ng hantungang ito!"

73. O sangkatauhan! Isang paghahambing ang hinabi, kaya't makinig dito (nang mataman): "Katotohanan! Yaong mga tinatawagan ninyo maliban kay Allah ay hindi makakalikha (kahit na) ng isang langaw, kahit na sila ay magsama-sama sa layuning ito. At kung ang langaw ay umagaw ng isang bagay sa kanila, sila ay walang kapangyarihan na mabitawan ito (mula sa) langaw. Kaya't (kapwa) mahina ang naghahanap at hinahanap. 74. Hindi nila nahinuha si Allah (ng ayon) sa Kanyang Karapat-dapat na Katatayuan. Katotohanang si Allah ay Lubos na Malakas, ang Ganap na Makapangyarihan.

75. Si Allah ay humihirang ng Kanyang mga Tagapagbalita mula sa (lipon) ng mga anghel at mula sa mga tao. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakakarinig, ang Lubos na Nakakamasid. 76. Talastas Niya kung ano ang nasa harapan nila, at kung ano ang nasa likuran nila. At kay Allah ay magbabalik ang lahat ng bagay (sa pagpapasya).

77. O kayong nagsisisampalataya! Magsiyuko kayo at magpatirapa sa inyong sarili, at sambahin ang inyong Panginoon at magsigawa ng kabutihan upang kayo ay magsipagtagumpay. 78. At magsikap nang taos tungo sa Kapakanan ni Allah, kung paano kayo dapat magsikap

(ng may katapatan at ng lahat ninyong lakas upang ang Kanyang Ngalan ay maging Tampok). Kayo ay hinirang Niya (upang iparating ang Kanyang Mensahe ng Islam at Kanyang Kaisahan), at hindi Niya iginawad sa inyong relihiyon ang anumang pagbabata, ito ang relihiyon ng inyong amang si Abraham (ang pagiging Isa ni Allah sa Islam). Siya (Allah) ang nagbigay sa inyo ng katawagang Muslim, na magkatulad maging noon at maging ngayon (sa Qur'an), upang ang Tagapagbalita (na si Muhammad) ay maging saksi sa inyo at kayo ay maging mga saksi sa sangkatauhan! Kaya't magsipag-alay kayo ng Salah (takdang panalangin) nang ganap at mahinusay, magkaloob ng Zakah (katungkulang kawanggawa) at manangan nang mahigpit kay Allah (alalaong baga, ng may pagtitiwala sa Kanya na ang lahat ng bagay ay nasa Kanyang paghahawak). Siya ang inyong Maula (Patron, Panginoon, atbp.), at gaano (Siya) Kainam na Maula (Patron, Panginoon, atbp.), tunay na Siya ay Kapuri-puring Tagalingap!

Surah 23 • Al-Mu'minun

Ang Mga Sumasampalataya

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Katiyakang matatagumpay ang mga sumasampalataya. 2. Sila na nagsisipag-alay ng kanilang panalangin ng may kataimtiman at ganap na pagpapasakop. 3. At sila na lumalayo sa Al-Laghw (marumi, kasinungalingan, masama,

walang kabutihang salita, at lahat ng mga ipinagbabawal ni Allah). 4· At sila na nagbabayad ng Zakah (katungkulang kawanggawa). 5· At sila na nangangalaga sa kanilang kalinisan (alalaong baga, sa labag na relasyong seksuwal, sa kanilang maseselang bahagi ng katawan). 6· Maliban sa kanilang mga asawa o (mga bihag), na angkin ng kanilang kanang kamay, - sa kanila, sila ay ligtas sa anumang panunumbat; 7· Datapuwa't sinumang maghanap ng higit pa rito, sila ang mga lumalabag sa hangganan ng kautusan; 8· Sila na matatapat sa mga ipinagkatiwala (inilagak) sa kanila at tumutupad sa mga kasunduan; 9· At sila na mahigpit na nagsasagawa (ng limang takdang) pagdarasal (sa tamang oras). 10· Katotohanang sila ang mga tagapagmana. 11· Sila ang magmamana ng Firdaus (Paraiso). Mananahan sila rito magpakai-lanman.

12· At katotohanang nilikha Namin ang tao (Adan) mula sa lagkit ng putik (tubig at lupa). 13· At pagkatapos ay Aming nilikha siya (ang anak ni Adan) bilang isang Nutfah (magkahalong semilya ng lalaki at babae) at (inilagak) sa ligtas na himlayan (sinapupunan ng babae). 14· At pagkatapos ay ginawa Namin ang Nutfah na isang kimpal (isang makapal na piraso ng namuong dugo), at pagkatapos ay ginawa Namin ang kimpal sa isang maliit na tambok ng laman, at pagkatapos ay ginawa Namin mula sa tambok ng laman ang mga buto, at pagkatapos ay binalutan Namin ang mga buto ng laman, at pagkatapos ay Aming iniluwal siya bilang isang anyo ng paglikha. Kaya't papurihan si Allah, ang Pinakamahusay sa Tagapaglikha. 15· Pagkatapos nito, katiyakang kayo ay mamamatay. 16· At pagkatapos,

(muli), katotohanang kayo ay ibabangon sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

17. At katotohanang nilikha Namin sa itaas ninyo ang pitong kalangitan (sa magkakasunod na patong) at hindi kailanman Kami ay nakakaligta sa paglikha. 18. At pinamalisbis Namin mula sa alapaap ang tubig (ulan) sa (ganap) na sukat, at binigyan Namin ito ng hihimlayan sa lupa, at katotohanang magagawa Naming bawiin ito. 19. At inihantad Namin sa inyo mula rito ang mga halamanan ng punong palmera (datiles) at mga ubas, na rito ay maraming bungangkahoy para sa inyo, at dito kayo ay kumakain. 20. At ng puno (oliba) na tumutubo mula sa Bundok ng Sinai, na nagbibigay ng langis, (at ito) ay pampagana sa kumakain. 21. At katotohanan! Sa mga bakahan (hayupan) ay may tunay na aral sa inyo. Aming binigyan kayo ng inumin (gatas) na nanggagaling sa kanilang tiyan. At marami pa mula sa kanila ang mga kapakinabangan, at sila ay inyong kinakain. 22. At mula sa kanila, at sa mga barko, kayo ay naglalakbay (o dinadala).

23. At katotohanang Aming isinugo si Noe sa kanyang pamayanan, at siya ay nagsabi: "O aking pamayanan! Sambahin ninyo si Allah! Wala na kayong ibang Ilah (Diyos) maliban sa Kanya. Hindi baga kayo nangangamba (sa Kanya, alalaong baga, sa Kanyang kaparusahan dahilan sa inyong pagsamba sa iba pa maliban sa Kanya)?" 24. Datapuwa't yaong mga pinuno ng mga hindi sumasampalataya sa lipon ng kanyang mga tao ay nagsabi: "Siya (Noe) ay hindi hihigit pa sa isang tao na katulad ninyo, nagnanais siya na maging mataas (malakas) sa inyo. Kung ninais lamang ni Allah, katiyakang makakapagpanaog Siya ng mga anghel; hindi

namin kailanman narinig ang ganitong bagay sa aming mga ninuno." 25. "Siya ay isang tao lamang na kinapitan ng kabaliwan, kaya't pansamantala kayong maghintay sa kanya."

26 (Si Noe) ay nagsabi: "O aking Panginoon! Ako ay tulungan Ninyo sapagkat ako ay itinatakwil nila." 27. Kaya't siya ay binigyan Namin ng inspirasyon (na nagsasabi): "Balangkasin mo ang Barko sa harapan ng Aming mga Mata at sa ilalim ng Aming Rebelasyon (patnubay). Kaya't nang ang Aming pag-uutos ay dumatal, at ang bangan ay umagos ng tubig, isakay sa barko ang dalawa sa bawat uri (lalaki at babae), at ang iyong pamilya, maliban sa kanila na ang Salita ay binitawan (pinagsabihan na). At huwag kang manikluhod sa Akin para sa kapakanan ng mga nagsigawa ng kamalian. Katotohanang sila ay lulunurin.

28. At kung kayo ay nakasakay na sa barko, ikaw at sinumang kasama mo, kayo ay magsabi: "Ang lahat ng pagpupuri at pasasalamat ay kay Allah lamang, na nagligtas sa amin sa mga tao na Zalimun (mapang-api, pagano, buktot, atbp.) 29. At ipagbadya: "Aking Panginoon! Inyong ipahintulot na kami ay dumaong sa pinagpalang lugar, sapagkat Kayo ang Pinakamahusay sa nagpapadaong." 30. Katotohanan, dito (sa ginawa Naming paglunod sa mga tao ni Noe) ay mayroong tiyak na Ayat (mga katibayan, aral, tanda, atbp. sa mga tao upang makaunawa), katotohanang Kami ay lagi nang nagbibigay ng pagsubok (sa mga tao).

31. At pagkatapos nila, Kami ay lumikha ng iba pang saling-lahi. 32. At nagsugo Kami ng Tagapagbalita mula sa kanilang lipon (na nagsasabi): "Sambahin si Allah! Wala na kayong ibang Ilah (Diyos) maliban sa Kanya. Hindi baga

kayo nangangamba sa Kanya (alalaong baga, sa Kanyang kaparusahan dahilan sa inyong pagsamba sa iba maliban pa sa Kanya). 33. At ang mga pinuno ng kanyang pamayanan na hindi sumasampalataya at nagtatakwil sa Pakikipagtipan sa Kabilang Buhay, at sila na binigyan Namin ng kasaganaan at kaalwanan sa buhay na ito, ay nagsabi: "Siya ay hindi hihigit pa sa pagiging tao na katulad ninyo, siya ay kumakain ng inyong kinakain, at siya ay umiinom ng inyong iniinom." 34. "Kung kayo ay susunod sa isang tao na katulad ninyo, kung gayon, katotohanang kayo ay tiyak na mga talunan."

35. "Ipinangako ba niya sa inyo na kung kayo ay patay na at maging alabok at mga buto, na kayo ay lalabas nang buhay (sa muling pagbabangon)? 36. Malayo, lubhang malayo ang sa inyo ay ipinangako." 37. "Wala ng iba pa maliban sa ating buhay sa mundong ito! Tayo ay mamamatay at tayo ay nabubuhay! At tayo ay hindi na muling ibabangon!" 38. "Isa lamang siyang tao na kumatha ng kasinungalingan laban kay Allah, subalit kami ay hindi maniniwala sa kanya."

39. Siya ay nagsabi: "O aking Panginoon! Ako ay Inyong tulungan sapagkat ako ay ipinagkaila nila." 40. (Si Allah) ay nagwika: "Sa pasumandali lamang, katotohanang sila ay magsisisi." 41. Kaya't ang As-Saiha (kaparusahan, nakakakilabot na hiyaw) ay sumaklot sa kanila ng may katarungan, at sila ay ginawa Namin na tila basura ng mga patay na halaman. Kaya't itaboy ang mga tao na Zalimun (buhong, buktot, pagano, atbp.).

42. At pagkatapos, pagkaraan nila, ay lumikha Kami ng ibang saling-lahi. 43. Walang bansa (pamayanan) ang makapagpapauna ng kanilang takdang panahon, o makakaantala niyaon. 44. At pagkatapos ay aming isinugo

ang Aming mga Tagapagbalita nang sunod-sunod; sa bawat panahon na may dumatal na Tagapagbalita sa isang pamayanan, sila ay nagtatakwil sa kanya, kaya't hinayaan Naming sumunod ang bawat isa sa kanila (sa pagkawasak), at Aming ginawa sila bilang Ahadith (kasaysayan sa sangkatauhan upang makaalam ng aral sa kanila). Kaya't lumayo sa mga tao na hindi nananampalataya.

45. At pagkatapos ay isinugo Namin si Moises at ang kanyang kapatid na si Aaron, na mayroong Ayat (mga talata, tanda, aral, katibayan, atbp.) mula sa Amin, at ng lantad na kapamahalaan, 46. Kay Paraon at sa kanyang mga punong kawal, datapuwa't sila ay nagsikilos nang magaspang at sila ay mga tao na mapagpaimbabaw (sa pagsuway sa kanilang Panginoon at ang pagmamataas nila nang labis sa Tagapagbalita at kay Allah). 47. Sila ay nagsabi: "Kami baga ay maniniwala sa dalawang tao (lalaki) na katulad namin, ang kanilang mga tao ay sumusunod sa amin ng may kapakumbabaan (at aming ginagamit sila upang paglingkuran kami sa aming kagustuhan)." 48. Kaya't kapwa nila itinakwil sila (Moises at Aaron), at sila (mga tao ni Paraon) ay napasama sa mga winasak. 49. At katotohanang ipinagkaloob Namin kay Moises ang Kasulatan, upang sila ay mapatnubayan.

50. At ginawa Namin ang anak ni Maria (si Hesus) at ang kanyang ina bilang isang Tanda, at Aming binigyan sila ng kublihan sa mataas na lupa, bilang lugar ng kapahingahan, katiwasayan, at mga dumadaloy na batis.

51. "O (kayong) mga Tagapagbalita! Kumain kayo ng Tayyibat (lahat ng uri ng Halal [legal o pinahihintulutang] pagkain na ginawa ni Allah), at magsigawa ng kabutihan.

Katotohanan! Ako ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ninyong ginagawa. 52. At katotohanan! Ang relihiyon ninyong ito (ang Islam at Kaisahan ni Allah) ay isang relihiyon, at Ako ang inyong Panginoon, kaya't panatilihin ninyo ang inyong tungkulin sa Akin.

53. Datapuwa't sila (mga tao) ay bumuwag (sumira) sa kanilang relihiyon sa pamamagitan ng iba't ibang sekta, at ang bawat pangkat ay nagsasaya sa kanilang maling pananampalataya. 54. Kaya't panandaliang hayaan sila sa kanilang kamalian. 55. Sila ba ay nag-aakala na Aming pinagpala sila sa kayamanan at mga anak, 56. Dagliang ipinagkaloob Namin sa kanila ang magagandang bagay (sa makamundong buhay na ito upang sila ay walang makamtam na mabuting bagay sa Kabilang Buhay)? Hindi, datapuwa't hindi nila ito napag-aakala.

57. Katotohanan! Sila na namumuhay ng may pangingimi sa pangangamba sa kanilang Panginoon; 58. At sila na naniniwala sa Ayat (mga aral, talata, katibayan, tanda, atbp.) ng kanilang Panginoon, 59. At sila na hindi nagtatambal ng anupaman (sa pagsamba) bilang karibal sa kanilang Panginoon; 60. At sila na nagbibigay ng kanilang kawanggawa nang taos sa kanilang puso, na puspos ng pangangamba, sapagkat sila ay nakakatiyak nang pagbabalik sa kanilang Panginoon (sa pagsusulit); 61. Sila ang nag-uunahan sa mababuting gawa, at sila ang tampok sa kanila (halimbawa, sa pagsasagawa ng palagiang pagdarasal sa takdang oras). 62. At hindi Kami naggagawad (o sumusubok) sa sinumang tao maliban sa maaabot ng kanyang kakayahan, at nasa sa Amin ang isang Talaan na nagsasabi ng katotohanan, at sila ay hindi mapapalungi.

63. Hindi, datapuwa't ang kanilang puso ay nababalutan (bulag) sa pag-unawa nito (ang Qur'an), at sila ay may iba pang (masasamang) gawa maliban pa rito, na kanilang ginagawa. 64. Hanggang nang saklutin Namin ang iba sa kanila na nagtatamasa ng marangyang buhay, ng Aming kaparusahan, pagmasdan! Sila ay gumagawa ng mapagpakumbabang panalangin sa malakas na tinig. 65. Huwag kayong manikluhod sa malakas na tinig sa araw na ito! Katiyakang kayo ay hindi Namin tutulungan (diringgin). 66. Katotohanan, ang Aming mga Talata (noon pa man) ay dinadalit na sa inyo, datapuwa't kayo ay tumatalikod sa inyong sakong (nagtatakwil sa kanila, at may poot na pakinggan sila). 67. Sa kapalaluan (sila, ang mga paganong Quraish at mga mapagsamba sa diyus-diyosan sa Makkah na nagmamagaling sapagkat sila ay naninirahan sa santuwaryo ng Makkah - ang Haram), at nangungusap ng kasamaan tungkol dito (ang Qur'an) sa gabi.

68. Hindi baga sila namamangha sa Salita (ni Allah, na ipinahayag Niya sa Propeta), o may dumating kaya sa kanila na hindi dumating sa kanilang mga ninuno? 69. O ito ba'y sa dahilang hindi nila nakilala ang kanilang Tagapagbalita (na si Muhammad), kaya't kanilang itinatakwil siya? 70. O sila ba ay nagsasabi: "Mayroong kabaliwan sa kanya?" Hindi, datapuwa't ipinahayag niya sa kanila ang Katotohanan (alalaong baga, ang Tauhid, ang sumamba lamang ng tangi kay Allah, ang manalig sa Qur'an, sa Relihiyon ng Islam), subalit ang karamihan sa kanila ay umaayaw sa katotohanan. 71. At kung ang Katotohanan ay naging sang-ayon sa kanilang ninanasa, katotohanan, ang kalangitan at kalupaan, at anumang bagay na nasa pagitan nito ay

magiging kabulukan (tiwali)! Hindi, ipinarating Namin sa kanila ang kanilang Paala-ala, datapuwa't nagsitalikod sila sa kanilang Paala-ala.

72. O dili kaya, ikaw ba (O Muhammad) ay nanghihingi sa kanila ng ilang bayad? Datapuwa't ang kabayaran ng iyong Panginoon ay higit na mainam, at Siya ang Pinakamainam sa lahat ng nagkakaloob ng pabuya. 73. At katiyakan na ikaw (O Muhammad) ay nanawagan sa kanila sa Matuwid na Landas (Tunay na Relihiyon – ang Islam at Kaisahan ni Allah). 74. At katotohanan, ang mga hindi nananampalataya sa Kabilang Buhay ay katiyakang lumilihis sa malayong pagkaligaw sa Landas (Tunay na relihiyon – ang Islam).

75. At bagama't Aming iginawad ang Habag sa kanila at Aming hinango sila sa kapighatian na taglay nila, magkagayunman, katotohanang sila ay lantarang nagpapatuloy sa kanilang paglabag (sa utos), na naglilibot ng bulag. 76. At katotohanang sila ay sinaklot Namin ng kaparusahan, datapuwa't sila ay hindi nagpakumbaba sa kanilang Panginoon, gayundin naman ay hindi sila lumuhog (kay Allah) ng may pagsuko sa Kanya. 77. Hanggang nang Aming buksan sa kanila ang tarangkahan ng matinding kaparusahan, at pagmasdan! Sila ay ilulubog sa pagkawasak ng may matinding pagsisisi, dalamhati at kawalang pag-asa.

78. Siya (Allah) ang lumikha sa inyo ng (senso ng) pandinig (tainga), paningin (mata), at puso (pang-unawa). Kakarampot na pasasalamat (lamang) ang inyong isinusukli. 79. At Siya ang lumikha sa inyo sa kalupaan, at kayo sa Kanya ay muling titipunin. 80. At Siya ang nagkakaloob ng buhay at Siya rin ang naggagawad ng kamatayan, at sa Kanya (ang

kapamahalaan) nang pagsasalisihan ng gabi at araw. Hindi baga kayo nakakaunawa?

81. Hindi, datapuwa't sila ay nagsasabi ng katulad nang mga sinasabi ng mga tao ng panahong sinauna. 82. Sila ay nagsasabi: "Kung kami ba ay patay na at naging alabok at mga buto, katiyakan bang kami ay muling ibabangon?" 83. "Katotohanang ito ang ipinangako sa amin, kami at ng aming mga ninuno na una pa (sa amin). Ito ay isa lamang sa mga kathang isip ng sinaunang panahon!"

84. Ipagbadya: "Kanino ang kalupaan at anu-ano ang nakapaloob dito? Kung inyong nalalaman?" 85. Sila ay magsasabi: "Ito ay kay Allah!" Ipagbadya: "Hindi baga kayo makakaala-ala?" 86. Ipagbadya: "Sino ang Panginoon ng pitong kalangitan, at ang Panginoon ng Dakilang Luklukan?" 87. Sila ay magsasabi: "Si Allah". Ipagbadya: "Hindi baga ninyo pangangambahan si Allah (ang manalig sa Kanyang Kaisahan, sundin Siya, maniwala sa Muling Pagkabuhay at Kabayaran sa bawat isa at lahat ng mabuti at masamang gawa)?" 88. Ipagbadya: "Nasa Kaninong Kamay ang kapamahalaan ng lahat ng bagay (alalaong baga, ang kayamanan ng isa at lahat ng bagay)? At Siya ang nangangalaga sa (lahat), datapuwa't Siya ay walang tagapangalaga ([laban sa Kanya], alalaong baga, kung gusto Niyang magligtas, walang makakapagparusa o makakapinsala sa kanya, at kung si Allah ay magparusa o puminsala sa sinuman, walang makapagliligtas sa kanya). 89. Sila ay magsasabi: "(Ang lahat) ay nasa pag-aangkin ni Allah." Ipagbadya: "Paano kayo kung gayon nalinlang at tumalikod sa katotohanan?"

90. Hindi, datapuwa't ipinarating Namin sa kanila

ang Katotohanan (ang Islam at Kaisahan ni Allah), at katotohanang sila (ang mga hindi sumasampalataya) ay mga sinungaling. 91. Walang anak na lalaki (o supling, o mga anak) ang ipinanganak ni Allah, gayundin ay wala ng ibang Ilah (Diyos) na kasama Niya; (at kung mayroon mang iba pang diyos), pagmasdan, ang bawat diyos ay kukuha sa anumang kanyang nilikha, at ang iba ay magpipilit na madaig ang iba! Maluwalhati si Allah nang higit sa lahat ng mga itinatambal sa Kanya! 92. Ang Lubos na Nakakaalam ng mga nalilingid at nakalantad! Higit siyang Mataas sa lahat ng mga itinatambal nila na kasama sa Kanya!

93. Ipagbadya (O Muhammad): "Aking Panginoon! Kung Inyo sanang ipamamalas sa akin ang bagay na sa kanila ay ibinabanta (kaparusahan), - 94. "Aking Panginoon! Kaya't (ako ay iligtas Ninyo sa Inyong kaparusahan), at ako ay huwag Ninyong ibilang sa mga tao na Zalimun (mga buktot, buhong, pagano, atbp.). 95. At katotohanang magagawa Naming ipamalas sa iyo (O Muhammad) ang bagay na Aming ibinabanta sa kanila.

96. (Na) salansangin ang kasamaan sa bagay na higit na mabuti. Kami ay Ganap na Nakakatalos sa lahat nilang ipinahahayag. 97. At ipagbadya: "Aking Panginoon! Ako ay napapakalinga sa Inyo sa mga ibinubulong (inuulot) ng mga demonyo. 98. At ako ay napapakalinga sa Inyo, aking Panginoon!, baka sila ay gumanyak (o lumapit) sa akin."

99. Hanggang (nang) ang kamatayan ay sumapit sa isa sa kanila (sila na nagtatambal ng kapangkat o karibal kay Allah), siya ay nagsasabi: "Aking Panginoon! Ako ay ibalik Ninyong muli, 100. Upang ako ay makagawa ng kabutihan sa mga bagay na aking naiwan!" Hindi, ito ay isa lamang

salita na kanyang ipinangungusap, at sa likuran nila ay may Barzakh (isang hadlang), hanggang sa Araw na sila ay muling ibabangon. 101. At kung ang Tambuli ay mahipan, walang magiging pagkakamag-anak sa pagitan nila sa Araw na ito, gayundin, sila ay hindi magtatanungan sa isa't isa. 102. At sila na ang timbangan (ng mabuting gawa) ay mabigat, - sila, sila ang matatagumpay. 103. At sila na ang timbangan (ng mabuting gawa) ay magaan, - sila yaong ipinatalo nila ang kanilang sarili, - sa Impiyerno sila ay mananatili. 104. Ang Apoy ay susunog sa kanilang mukha, at dito sila ay magsisingiti, ng may nakalihis na mga labi (masamang anyo).

105. "Hindi baga ang Aming mga Talata (ang Qur'an) ay dinadalit sa inyo, at kayo ay (lagi nang) nagtatakwil dito?" 106. Sila ay magsasabi: "Aming Panginoon! Ang aming kabuktutan ay nakapanaig sa amin, at kami ay mga palasuway na tao." 107. "Aming Panginoon! Kami ay hanguin Ninyo rito, at kung kami ay sakaling magbalik sa kasamaan, katotohanang kami ay Zalimun (mga buktot, buhong, pagano, atbp.) 108. Siya (Allah) ay magwiwika: "Manatili kayo riyan sa pagdurusa! At huwag kayong mangusap sa Akin!" 109. Katotohanan! Mayroong mga pangkat ng Aking mga alipin ang lagi nang nagsasabi: "Aming Panginoon! Kami ay sumasampalataya, kaya't patawarin kami, at gawaran kami ng habag, sapagkat Kayo ang Pinakamainam sa lahat ng nagpapamalas ng Habag!" 110. Datapuwa't sila ay itinuring ninyo na katatawanan, na naging dahilan upang inyong makalimutan ang Pag-aala-ala sa Akin habang kayo ay nanglilibak sa kanila! 111. Katotohanan! Ako ay nagkaloob

sa kanila ng gantimpala sa Araw na ito dahilan sa kanilang pagtitiyaga, katotohanang sila ang matatagumpay.

112. Siya (Allah) ay magwiwika: "Ilang taon ba kayong nanatili sa lupa?" 113. Sila ay magsasabi: "Kami ay nanatili ng isang araw o bahagi ng isang araw. Tanungin ang mga nagtatala." 114. Siya (Allah) ay magwiwika: "Nanatili lamang kayo nang sandali, - kung inyo lamang nalalaman!"

115. "Napag-aakala ba ninyo na Aming nilikha lamang kayo sa paglalaro (na walang layunin), at kayo ay hindi muling magbabalik sa Amin?" 116. Higit na Kataas-taasan si Allah, ang tunay na Hari, La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), ang Panginoon ng Mataas na Luklukan! 117. At sinuman ang tumawag (o sumamba) sa iba pang diyos maliban kay Allah, na roon siya ay walang katibayan, kung gayon, ang kanyang pagsusulit ay tanging sa kanyang Panginoon lamang. Katotohanan! Ang Al-Kafirun (ang mga hindi sumasampalataya, pagano, mapagsamba sa maraming diyus-diyosan, atbp.) ay hindi magsisipagtagumpay. 118. At ipagbadya (O Muhammad): "Aking Panginoon! Magkaloob Kayo ng pagpapatawad at habag! Sapagkat Kayo ang Pinakamainam sa mga nagpapamalas ng habag!"

Ang Liwanag

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. (Ito) ang Surah (ng Qur'an) na Aming ipinanaog at Aming ipinagtagubilin (itinakda ang kanyang mga legal na Batas) at dito, Kami ay nagpahayag ng maliliwanag na Ayat (mga katibayan, tanda, aral, talata, atbp.), upang kayo ay makaala-ala. 2. Ang babae at lalaki na nagkasala ng bawal na pakikipagtalik, hagupitin ang bawat isa sa kanila ng isang daang hampas. Huwag hayaang ang pagkaawa ang pumigil sa inyo sa ganitong kaso, sa kaparusahan na inihatol ni Allah, kung kayo ay sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw. At hayaang ang isang pangkat ng mga sumasampalataya ay makasaksi sa kanilang parusa. (Ang parusang ito ay para sa isang tao na walang asawa na nagkasala ng gayong krimen, datapuwa't kung ang nagkasala ay mayroong asawa, ang kaparusahan ay batuhin sila hanggang sa mamatay, ayon sa Batas ni Allah). 3. Ang mangangalunyang lalaki ay hindi nag-aasawa maliban sa isang mangangalunyang babae o Mushrikah at ang mangangalunyang babae ay hindi nag-aasawa ng iba maliban sa mangangalunyang lalaki o Mushrik (ito ay nangangahulugan na kung ang lalaki ay pumayag na mag-asawa o magkaroon ng relasyong seksuwal sa isang Mushrikah [babaeng pagano, mapagsamba sa maraming diyus-diyosan] o isang puta, kung gayon, katotohanang siya ay mangangalunyang lalaki o Mushrik [lalaking pagano,

mapagsamba sa maraming diyus-diyosan]). At ang babae na pumayag na mag-asawa (o magkaroon ng relasyong seksuwal) sa isang Mushrik [pagano, mapagsamba sa maraming diyus-diyosan] o isang mangangalunya, kung gayon, siya ay maaaring isang puta o Mushrikah [babaeng pagano, mapagsamba sa maraming diyus-diyosan]. Ang gayong bagay ay ipinagbabawal sa mga sumasampalataya (sa Islam at sa Kaisahan ni Allah).

4. At sila na nagpaparatang sa mga malilinis (o birheng) babae, at hindi makapagtanghal ng apat na saksi, hagupitin sila ng walumpung hampas, at itakwil ang kanilang pagsaksi nang lubusan, katotohanang sila ay Fasiqun (mga sinungaling, palasuway, mapaghimagsik kay Allah). 5. Maliban sa mga nagsisisi pagkatapos nito at nagsisigawa ng kabutihan, (sa gayon), katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, Ang Pinakamaawain.

6. At sa mga nagpaparatang sa kanilang mga asawang (babae) datapuwa't wala silang saksi maliban sa kanilang sarili, hayaang ang pagsaksi ng isa sa kanila ay gawing apat na pagsaksi (alalaong baga, sumaksi ng apat na beses) sa (Ngalan) ni Allah na siya ay isa sa mga nagsasabi ng katotohanan. 7. At ang ikalimang (pagsaksi) ay ang pagluhog sa Sumpa ni Allah sa kanya kung siya ay isa roon sa nagsasabi ng kasinungalingan (laban sa kanya, sa babae). 8. Datapuwa't mapipigilan ang kaparusahan sa kanya (sa babae na batuhin hanggang mamatay) kung siya ay magbibigay saksi ng apat na beses na ang kanyang (asawa) ay nagsasabi ng kasinungalingan. 9. At ang ikalimang pagsaksi ay manaig sa kanya (babae), ang Poot ni Allah kung ang kanyang asawa (lalaki) ay nagsasabi (pala) ng katotohanan. 10. At kung

hindi lamang sa Pagpapala ni Allah at Kanyang Habag sa inyo (minadali sana Niya ang kaparusahan sa inyo)! At si Allah ang Tanging Siya na tumatanggap ng pagsisisi, ang Pinakamaalam.

11. Katotohanan! Sila na nagkakalat ng paninirang puri (laban kay Aisha, ang asawa ni Propeta Muhammad) ay isang pangkat sa lipon ninyo. Huwag ninyong isaalang-alang na ito ay masamang bagay sa inyo. Hindi, ito ay mabuti sa inyo. (Alalaong baga, marapat na ang kasinungalingan ay mapatunayan kaysa ang malagay sa eskandalo at kahihiyan). Ang bawat tao sa lipon nila ay babayaran sa anumang kanyang ginawang kasalanan, at sa kanya sa lipon nila na may malaking bahagi (sa kasalanang ito), sasakanya ang higit na malaking parusa.

12. Bakit kaya ang mga sumasampalataya, lalaki at babae, kung iyong marinig ito (ang paninirang puri) ay hindi nag-iisip ng mabuti sa kanilang sariling pamayanan at magsabi: "Ang (paratang na ito) ay lantarang kasinungalingan?" 13. Bakit sila hindi nagtanghal ng apat na saksi? Dahilan sa sila (ang mga mapanirang puri) ay hindi nakapagpakita ng mga saksi, sila sa katotohanan ay mga sinungaling sa Paningin ni Allah.

14. Kung hindi lamang sa Pagpapala ni Allah at Kanyang Habag sa inyo sa mundong ito at sa Kabilang Buhay, isang malaking kaparusahan ang daranasin ninyo dahilan sa inyong mga sinabi. 15. Nang inyong ipinamamalita ito ng inyong dila, at sinasambit ng inyong bibig na wala naman kayong kaalaman, itinuturing ninyo ito na isang maliit na bagay, datapuwa't ito ay lubhang malaki sa Paningin ni Allah. 16. At bakit nang inyong marinig ito ay hindi kayo

nagsabi ng: “Hindi isang katampatan na kami ay mangusap ng ganito. Luwalhatiin Kayo (O Allah), ito ay isang malaking kasinungalingan.” 17. Si Allah ay nagbabawal sa inyo nito, at nagbababala sa inyo na huwag nang ulitin ito o ang katulad nito kahit na kailanman, kung kayo ay sumasampalataya. 18. At si Allah ay gumagawa ng Ayat (mga katibayan, talata, tanda, aral, atbp.) na maging maliwanag sa inyo, at si Allah ang Ganap na Nakakaalam, ang Lubos na Maalam.

19. Katotohanan, ang nagnanais na (ang krimen) ng ipinagbabawal na seksuwal na pakikipagtalik ay marapat na ipamahagi (ipamalita o ipagkalat) sa mga sumasampalataya, sila ay tatanggap ng kasakit-sakit na kaparusahan sa mundong ito at sa Kabilang Buhay. At si Allah ang nakakaalam at kayo ay hindi. 20. At kung hindi lamang sa Pagpapala ni Allah at Kanyang Habag sa inyo (minadali sana ni Allah ang kaparusahan sa inyo). At si Allah ay Tigib ng Kabaitan, ang Pinakamaawain.

21. O kayong sumasampalataya! Huwag ninyong sundan ang mga yapak ni Satanas. At sinumang sumunod sa mga yapak ni Satanas, kung gayon, katotohanang siya ay nag-uulot ng Al Fasha (alalaong baga, ang magkasala ng bawal na relasyong seksuwal, kawalang dangal, kalaswaan), at Al Munkar (kawalan ng paniniwala, pagsamba sa mga diyus-diyosan). At kung hindi lamang sa Pagpapala ni Allah at sa Kanyang Habag sa inyo, walang sinuman sa inyo ang magiging malinis sa mga kasalanan. Datapuwa’t pinadadalisay (ginagabayan sa Islam) ni Allah ang sinumang Kanyang maibigan, at si Allah ang Ganap na Nakakarinig, ang Lubos na Nakakaalam.

22. At huwag hayaan ang mga tao sa lipon ninyo na

biniyayaan ng pagpapala at kayamanan ay manumpa na sila ay hindi magbibigay (ng anumang tulong) sa kanilang mga kamag-anak, sa mga mahihirap na namamalimos, at sa mga lumisan sa kanilang mga tahanan dahilan sa Kapakanan ni Allah. Hayaan silang magpatawad at magparaya. Hindi baga ninyo naiibigan na si Allah ay magpatawad sa inyo? At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

23. Katotohanan, ang mga nagpaparatang sa mga malilinis na babae, na hindi man lamang nag-iisip ng anumang bagay na sisira sa kanilang kalinisan, at matuwid na sumasampalataya, sila (na nagpaparatang) ay isinumpa sa buhay na ito at sa Kabilang Buhay, at sa kanila ay nakalaan ang matinding Kaparusahan,- 24. Sa Araw na ang kanilang dila, ang kanilang kamay, ang kanilang binti at paa ay magbibigay saksi laban sa kanila sa anumang kanilang ginawa. 25. Sa Araw na yaon ay babayaran ni Allah nang ganap sa kanila ang ganti ng kanilang mga gawa, at mapag-aalaman nila na si Allah, - Siya ang Maliwanag na Katotohanan.

26. Ang masasamang pangungusap ay para sa masasamang tao (o ang masasamang babae ay para sa masasamang lalaki) at ang masasamang tao ay para sa masasamang pangungusap (o ang masasamang lalaki ay para sa masasamang babae). Ang mabubuting pangungusap ay para sa mabubuting tao (o ang mabubuting babae ay para sa mabubuting lalaki), at ang mabubuting tao ay para sa mabubuting pangungusap (o ang mabubuting lalaki ay para sa mabubuting babae)!, ang gayong (mabubuting tao) ay walang malay sa (bawat isa at lahat) ng masasamang pangungusap na kanilang inuusal,

sasakanila ang Pagpapatawad at Rizqun Karim (mayamang biyaya, alalaong baga, ang Paraiso).

27. O kayong sumasampalataya! Huwag kayong magsipasok sa mga bahay na hindi sa inyo, hanggang kayo ay hindi nabibigyan ng pahintulot at inyong mabati sila na nandoroon, ito ay higit na mainam sa inyo, upang kayo ay makaala-ala. 28. At kung wala kayong matagpuan doon, gayunpaman, huwag kayong magsipasok hanggang walang naibibigay na pahintulot. At kung kayo ay pagsabihan na magsibalik, kayo ay magsibalik, sapagkat ito ay higit na dalisay sa inyo, at si Allah ang Ganap na Nakakaalam ng inyong ginagawa. 29. Hindi isang kasalanan sa inyo kung kayo ay magsipasok (ng walang pahintulot) sa mga bahay na hindi na tinitirhan (alalaong baga, walang nagmamay-ari), (kung) kayo ay magnais sa mga ito. At si Allah ang may kaalaman sa inyong inilalantad at inyong inililingid.

30. Ipahayag sa mga sumasampalatayang lalaki na ibaba nila ang kanilang paningin (sa pagtingin sa mga ipinagbabawal na bagay), at pangalagaan ang kanilang pribadong bahagi (ng katawan, sa mga ipinagbabawal na relasyong seksuwal, atbp.). Ito ay higit na dalisay para sa kanila. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakakatalos ng kanilang ginagawa.

31. At ipahayag sa mga sumasampalatayang babae na ibaba nila ang kanilang paningin (sa pagtingin sa mga ipinagbabawal na bagay) at pangalagaan ang kanilang pribadong bahagi (ng katawan, sa mga ipinagbabawal na relasyong seksuwal, atbp.) at huwag ilantad ang kanilang mga palamuti maliban (lamang) kung ano ang sadyang nakalitaw (katulad ng palad, o mata o dalawang mata upang makita ang daan, o ang panglabas na kasuutan katulad ng

belo o takip ng ulo, guwantes, atbp.) at iladlad ang kanilang belo sa buong Juyubihinna (alalaong baga, sa kanilang katawan, mukha, leeg, dibdib, atbp.) at huwag ilantad ang kanilang palamuti maliban lamang sa kanilang asawa, sa kanilang ama, sa ama ng kanilang asawa, sa kanilang anak na lalaki, sa anak na lalaki ng kanilang asawa, sa kanilang kapatid na lalaki at sa mga anak na lalaki ng kanilang kapatid, o sa mga anak na lalaki ng kanilang kapatid na babae, o sa mga kababaihang [Muslim], (alalaong baga, sa kanilang mga kapatid na babae sa Islam), o sa mga (babaeng) alipin na angkin ng kanilang kanang kamay, o mga katulong na matatandang lalaki na hindi na mapusok, o maliliit na batang (lalaki) na wala pang muwang sa kahihiyan sa bagay na seksuwal. At huwag hayaan na ipadyak nila ang kanilang paa upang malantad ang anumang natatago nilang palamuti. At manikluhod kay Allah na kayo ay patawarin (Niyang) lahat, O mga sumasampalataya!, upang kayo ay magsipagtagumpay.

32. At inyong pangasawahin sa lipon ninyo ang mga wala pang pananagutan (isang lalaki na wala pang asawa at isang babae na wala pang asawa), gayundin ay inyong pangasawahin ang Salihun (matapat, matimtiman at may kakayahan) sa inyong mga aliping (lalaki) at mga katulong (na aliping babae). Kung sila ay maralita, si Allah ang magkakaloob sa kanila ng yaman mula sa Kanyang Kasaganaan. At si Allah ay Sapat nang Tagapanustos sa lahat ng pangangailangan ng Kanyang mga nilikha, ang Lubos na Maalam (hinggil sa katatayuan ng mga tao). 33. At hayaan sila, na wala pa sa kalagayan ng pangkabuhayang kakayahan upang mag-asawa, na panatilihin ang kanilang

sarili na maging malinis, hanggang si Allah ay magkaloob sa kanila ng yaman mula sa Kanyang Kasaganaan. At sa inyong mga alipin na naghahanap ng kasulatan (ng pagpapalaya), ipagkaloob ninyo sa kanila ang gayong kasulatan, kung inyong batid na sila ay mabuti at mapapagkatiwalaan. At inyong pagkalooban sila ng bahagi ng inyong sariling (yaman) mula sa kayamanan na ipinagkaloob (ni Allah) sa inyo. At huwag ninyong ibulid ang inyong mga katulong na babae sa prostitusyon (pagbibili ng panandaliang aliw), kung sila ay naghahangad ng kalinisan, upang kayo ay magkamit (lamang) ng kapakinabangan (sa naglalahong) paninda ng makamundong buhay na ito. Datapuwa't kung sinuman ang nag-udyok sa kanila (sa prostitusyon o pagbibili ng panandaliang aliw), at matapos ang gayong pamimilit, si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamahabagin (sa gayong mga babae, alalaong baga, Siya ay magpapatawad sa kanila sapagkat sila ay sapilitang pinagawa ng ganitong kasamaan nang laban sa kanilang kagustuhan). 34· At katotohanang ipinanaog Namin sa inyo ang Ayat (mga katibayan, tanda, aral, talata, atbp.) na nagsasaad upang maging malinaw ang lahat, at ang halimbawa ng (mga tao) na pumanaw nang una pa sa inyo, at bilang isang paala-ala sa Muttaqun (mga matatapat at matimtimang tao na lubos na nangangamba kay Allah, na umiiwas sa lahat ng uri ng kasalanan at kasamaan na Kanyang ipinagbawal at labis na nagmamahal kay Allah, at nagsasagawa ng lahat ng uri ng mabubuting gawa na Kanyang ipinag-utos).

35· Si Allah ang Liwanag ng kalangitan at kalupaan. Ang kahambing ng Kanyang Liwanag ay katulad (ng wari ba ay) mayroong isang lumbo at sa loob nito ay mayroong ilawan,

ang ilawan ay nasa loob ng isang salamin, ang salamin ay tila ba isang maningning na bituin, na sinindihan mula sa pinagpalang puno, isang oliba, hindi mula sa silangan (alalaong baga, hindi ito kumukuha ng liwanag ng araw lamang sa umaga), gayundin, hindi mula sa kanluran (alalaong baga, hindi ito kumukuha ng liwanag ng araw lamang sa hapon, bagkus ito ay nakalantad sa araw sa buong maghapon), na ang (kanyang) langis ay mangyayaring magpatuloy na mag-apoy (magningning) [mula sa kanyang sarili], bagama't walang apoy ang nagsisindi rito. Liwanag mula sa Liwanag! Si Allah ang namamatnubay sa Kanyang Liwanag sa sinumang Kanyang maibigan. At si Allah ay nagpapamalas ng mga paghahambing sa sangkatauhan, at si Allah ang Lubos na Nakakaalam ng lahat ng bagay.

36. Sa mga tahanan (moske) na ipinag-utos ni Allah na itindig, na linisin at parangalan, sa mga ito, ang Kanyang Pangalan ay niluluwalhati sa maraming umaga, sa maraming hapon, at sa maraming gabi. 37. Ng mga tao, na ang kalakal at pagtitinda ay hindi nakakapagpalimot sa kanila sa Pag-aala-ala kay Allah (sa kanilang dila at puso), gayundin sa pag-aalay ng takdang panalangin (Salah) nang mahinusay, at sa pagbibigay ng Zakah (katungkulang kawanggawa). Sila ay nangangamba sa Araw na ang mga puso at mga mata ay mababaligtad (sa sindak ng Kaparusahan sa Araw ng Muling Pagkabuhay). 38. Upang sila ay magantimpalaan ni Allah ayon sa kagalingan ng kanilang mga gawa, at higit pa (Niyang) dagdagan (ang mga ito sa kanila) mula sa Kanyang Biyaya. At si Allah ay nagkakaloob ng walang sukat sa sinumang Kanyang naisin.

39. At sa mga hindi sumasampalataya, ang kanilang

mga gawa ay katulad ng mirahe (huwad na tubigan) sa disyerto. Ang (isang) nauuhaw ay nag-aakala na ito ay tubig, hanggang ito ay kanyang sapitin, at wala siyang natagpuan doon, datapuwa't nasumpungan niya si Allah, na Siyang magbabayad ng sa kanya ay nakalaan (Impiyerno). At si Allah ay Maagap sa Pagsusulit. 40. O (ang katatayuan ng isang hindi sumasampalataya) ay nakakatulad ng kadiliman sa malawak at malalim na karagatan, na nagulantang sa malaking alon na pinaibabawan pa ng higit na malaking alon, na pinaiibabawan ng maiitim na ulap, kadiliman na patong-patong, kung ang isang tao ay mag-uunat ng kanyang kamay, hindi niya ito mababanaagan! At siya na hindi ginawaran ni Allah ng liwanag, sa kanya ay walang magiging liwanag.

41. Hindi mo ba namamasdan (O Muhammad) na si Allah, Siya ang Tanging niluluwalhati ng anupamang nasa kalangitan at kalupaan, at ng mga ibon na nakabukas ang kanilang mga pakpak (sa kanilang paglipad). Sa bawat isa sa kanila, talastas ni Allah ang kanilang bawat dasal at pagpupuri, at si Allah ang Nakakabatid ng lahat nilang ginagawa. 42. At si Allah ang nag-aangkin ng kapamahalaan ng kalangitan at kalupaan, at kay Allah ang pagbabalik (ng lahat).

43. Hindi baga ninyo namamasdan na si Allah ang nagpapausad sa mga ulap ng malumanay, at pinagsasama ang mga ito, at ginagawa ito na patong-patong, at inyong namamasdan ang ulan ay namamalisbis sa pagitan nito. At Kanyang ipinapanaog mula sa alapaap ang mga ulan (ng namumuong tubig) na (tulad) ng mga kabundukan, at ibinubuhos Niya ito sa sinumang Kanyang maibigan,

at nagpapahupa nito sa sinumang Kanyang naisin. Ang maliwanag na salipadpad ng kanyang (mga ulap), ang kidlat ay halos makabulag ng paningin. 44· Si Allah ang nakakapangyari sa gabi at araw upang magsunuran (magsalitan, alalaong baga, darating ang gabi pagkatapos ng umaga, at darating ang umaga pagkatapos ng gabi). Katotohanan, sa mga bagay na ito ay may isang aral sa mga may pangmasid.

45· Si Allah ang lumikha nang lahat ng gumagalaw (buhay) na bagay mula sa tubig. Sa karamihan nila, may mga iba na gumagapang sa kanilang tiyan, ang iba ay lumalakad sa dalawang paa, at ang iba ay lumalakad sa apat. Si Allah ay lumilikha ng Kanyang naisin. Katotohanan! Si Allah ay makakagawa ng lahat ng bagay. 46· Katotohanang ipinanaog Namin (sa Qur'an) ang nagliliwanag na Ayat (mga katibayan, tanda, aral, talata, atbp.). At si Allah ang namamatnubay sa Matuwid na Landas sa sinumang Kanyang maibigan (alalaong baga, sa pananampalataya ni Allah, sa Kanyang Kaisahan at sa Islam).

47· (Ang mga mapagpaimbabaw) ay nagsasabi: "Kami ay sumampalataya kay Allah at sa Tagapagbalita (Muhammad), at kami ay tumatalima", ngunit ang isang pangkat sa lipon nila ay tumatalikod, sila ang mga hindi sumasampalataya. 48· At kung sila ay inaanyayahan kay Allah (alalaong baga, sa Kanyang mga Salita, sa Qur'an) at sa Kanyang Tagapagbalita, upang humatol sa pagitan nila, pagmasdan!, ang isang pangkat sa lipon nila ay tumatanggi (na lumapit) at lumalayo. 49· Datapuwa't kung ang katuwiran ay nasa kanila, sila ay lumalapit sa kanya nang kusang loob at may pagtanggap. 50· Mayroon bagang karamdaman ang

kanilang puso? O sila ba ay nagsasalita ng pag-aalinlangan o nangangamba na marahil, si Allah at ang Kanyang Tagapagbalita ay magbibigay kamalian sa kanila sa paghatol. Hindi, sila ang Zalimun (mga buktot, buhong, pagano, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, atbp.). 51. Ang tangi lamang sinasambit ng mga matatapat na nananampalataya, kung sila ay tawagin kay Allah (sa Kanyang mga Salita, sa Qur'an) at sa Kanyang Tagapagbalita, upang humatol sa pagitan nila, sila ay nagsasabi: "Kami ay dumirinig at kami ay tumatalima." At sila ang mga matatagumpay (na mananahan magpakailanman sa Paraiso). 52. At sinuman ang sumunod kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita, at may pagkatakot kay Allah at nagpapanatili ng kanyang tungkulin (sa Kanya), sila yaong mga matatagumpay.

53. Sila ay nanunumpa (sa Ngalan) ni Allah ng kanilang pinakamatibay na panunumpa, na kung inyo lamang silang pag-aatasan, ay iiwan nila ang (kanilang mga tahanan tungo sa pakikipaglaban sa Kapakanan ni Allah). Ipahayag: "Huwag kayong manumpa; ang pagsunod (ninyong ito) ay batid na (isang kabulaanan). Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ninyong ginagawa." 54. Ipagbadya: "Sundin ninyo si Allah at sundin ang Tagapagbalita, datapuwa't kung kayo ay magsitalikod, siya (ang Tagapagbalita, si Muhammad) ay may pananagutan lamang sa tungkuling iniatang sa kanya (alalaong baga, upang iparating lamang ang Mensahe ni Allah), at ang sa inyo, ay kung ano ang iniatang sa inyo. Kung kayo ay susunod sa kanya, kayo ay malalagay sa tamang patnubay. Ang tanging tungkulin ng Tagapagbalita ay upang ipaabot

sa inyo (ang mensahe) sa maliwanag na paraan (alalaong baga, ang mangaral nang maliwanag at mahusay).”

55. Si Allah ay nangako sa inyo na mga sumasampalataya, at nagsisigawa ng kabutihan, na katiyakang sila ay pagkakalooban Niya ng papalit (sa pangkasalukuyang namumuno) sa kalupaan, kung paano rin namang ipinagkaloob Niya ito sa mga nangauna sa kanila, at ipagkakaloob Niya sa kanila ang kapamahalaan upang isagawa ang kanilang relihiyon, na Kanyang hinirang para sa kanila (alalaong baga, ang Islam). At katiyakang ipagkakaloob Niya sa kanila bilang kapalit ang ligtas na pangangalaga sa kanilang pangangamba, (kung) sila (na mga sumasampalataya) ay sasamba sa Akin at hindi magtatambal ng anupaman (sa pagsamba) sa Akin. Datapuwa’t kung sinuman ang mawalan ng pananampalataya pagkaraan nito, sila ang Fasiqun (mapagpalalo, mapaghimagsik at suwail kay Allah).

56. At mag-alay kayo ng dasal nang mahinusay (Salah), at magkaloob ng Zakah (katungkulang kawanggawa) at sundin ninyo ang Tagapagbalita (Muhammad), upang kayo ay magsitanggap ng habag (mula kay Allah). 57. Huwag ninyong akalain na ang mga hindi sumasampalataya ay makakatalilis sa kalupaan. Ang kanilang pananahanan ay Apoy, - at tunay na pagkasama-sama ng gayong hantungan.

58. O kayong mga sumasampalataya! Hayaan ang inyong legal na mga alipin at mga babaeng alipin, at sila sa lipon ninyo na hindi pa sumasapit sa gulang ng pagdadalaga, ay humingi sa inyo ng pahintulot (bago sila lumapit sa inyo) sa tatlong pangyayari; bago ang pang-umagang pagdarasal, at habang kayo ay nagpapalit ng inyong kasuotan (nagbihis ng iba) sa

panghapong pamamahinga, at matapos ang pagdarasal ng Isha (panggabing panalangin). Ang tatlong kalagayan (oras) na ito ay pribado para sa inyo (oras ng pampribadong damit), maliban sa tatlong panahong ito, hindi isang kasalanan sa inyo o sa kanila na lumibot at gumalaw, na tumutugon (at tumutulong) sa (pangangailangan) ng bawat isa. Kaya't ginawa ni Allah na malinaw sa inyo ang Ayat (ang mga Talata ng Qur'an, na nagpapakita ng mga katibayan tungkol sa legal na pananaw sa pahintulot ng mga pagdalaw, atbp.). At si Allah ay Ganap na Maalam, ang Puspos ng Karunungan. 59. At kung ang mga bata sa lipon ninyo ay sumapit na sa gulang ng pagdadalaga (o pagbibinata), kung gayon, hayaan ding sila ay humingi ng pahintulot sa mga nakakatanda sa kanila (sa gulang). Kaya't sa ganito ay ginawang malinaw sa inyo ni Allah ang Kanyang Ayat (mga Pag-uutos at legal na tungkulin). At si Allah ay Ganap na Maalam, ang Puspos ng Karunungan. 60. At sa mga kababaihan na lagpas na sa panahon ng pagbubuntis, na hindi na umaasa na makapag-aasawa, hindi kasalanan sa kanila, kung sila ay mag-alis ng kanilang (panglabas) na kasuotan sa paraan na ito ay hindi nagpapakita ng palamuti. Datapuwa't ang umiwas dito (sa pag-aalis ng kanilang panglabas na kasuotan) ay higit na mainam sa kanila. At si Allah ang Lubos na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam.

61. Walang ibinabawal sa bulag, at wala ring ibinabawal sa pilay, at wala ring ibinabawal sa may karamdaman, gayundin sa inyong sarili, kung kayo ay kumakain sa inyong tahanan, o sa tahanan ng inyong ama, o sa tahanan ng inyong ina, o sa tahanan ng inyong kapatid na lalaki, o sa tahanan ng inyong kapatid na babae, o sa tahanan ng kapatid na lalaki

ng inyong ama, o sa tahanan ng kapatid na babae ng inyong ama, o sa tahanan ng kapatid na lalaki ng inyong ina, o sa tahanan ng kapatid na babae ng inyong ina, o kung saan (mang bahay) na kayo ay nagtatangan ng susi, o sa tahanan ng isang kaibigan. Hindi isang kasalanan sa inyo kung kayo ay kumain nang salu-salo o magkabukod. Datapuwa't kung kayo ay magsipasok sa mga tahanan, magbatian kayo sa isa't isa ng isang pagbati na mula kay Allah (alalaong baga, magsabi ng Assalamu Alaikum [Sumaiyo ang kapayapaan]) na pinagpala at mabuti. Kaya't sa ganito ginawa ni Allah na maging malinaw ang Ayat (mga Talata ng Qur'an o mga tanda na pangrelihiyon, atbp.) upang kayo ay makaunawa.

62. Ang tunay na sumasampalataya ay sila lamang na nananalig (sa Kaisahan) ni Allah at sa Kanyang Tagapagbalita (Muhammad), at kung sila ay nasa piling niya sa mga pangkaraniwang gawain, sila ay hindi lumilisan hanggang hindi sila humihingi ng pahintulot. Katotohanan! Sila na humihingi ng iyong pahintulot, sila ang tunay na sumasampalataya kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita. Kaya't kung sila ay humingi ng iyong pahintulot dahilan sa kanilang pangsariling pamumuhay, iyong gawaran sila ng pahintulot sa sinumang iyong maibigan sa kanila, at humingi ka kay Allah tungo sa kanilang kapatawaran. Katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

63. Huwag ninyong gawin na ang pagtawag sa Tagapagbalita (Muhammad) ay maging katulad din ng inyong tawagan sa isa't isa. Nababatid ni Allah sa lipon ninyo kung sino sa inyo ang tumatalilis nang patago (sa pamamagitan ng pagdadahilan, na hindi humihingi ng pahintulot mula sa

Tagapagbalita). At hayaan ang sumasalungat sa pag-uutos ng Tagapagbalita (alalaong baga, kay Muhammad, sa kanyang Sunna, sa mga legal na pamamaraan, mga gawa ng pagsamba, mga pahayag, atbp.), ay magsipag-ingat, marahil, ang ilang Fitnah (kawalan ng pananalig, pagsubok, kasakitan, lindol, pagpatay, atbp.) ay mangyari sa kanila, o ang isang kasakit-sakit na kaparusahan ay ipadama sa kanila. 64. Katotohanan, kay Allah ang pag-aangkin ng lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan. Katiyakang batid Niya ang inyong kalalagayan at (talastas Niya) ang Araw na sila ay muling ibabalik sa Kanya, at matapos ito, ay Kanyang ipapaalam sa kanila kung ano ang kanilang ginawa. At si Allah ang Lubos na Nakakaalam ng lahat ng bagay.

Surah 25 • Al-Furqan

Ang Sukatan o Pamantayan

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Luwalhatiin Siya na nagpanaog ng Pamantayan (ng wasto at mali, alalaong baga, ang Qur'an), sa Kanyang Alipin (na si Muhammad), upang siya ay maging tagapagbabala sa lahat ng mga nilalang. 2. Siya (Allah) na nag-aangkin ng kapamahalaan ng kalangitan at kalupaan, at Siya na hindi nagkaroon ng anak (mga supling o lahi), at Siya na tanging walang kahati sa Kanyang pamamahala. Nilikha Niya ang lahat ng bagay, at Kanyang sinukat ito nang wasto ng ayon sa kanilang ganap na sukat. 3. Magkagayunman ay

nag-angkin pa sila ng ibang diyos maliban pa sa Kanya, na walang anumang nilikha bagkus sila ang nilikha, at hindi nagtataglay ng anumang kasahulan o kapakinabangan sa kanilang sarili, at hindi nagtataglay ng anumang kapangyarihan (upang magbigay) ng kamatayan, (o magkaloob) ng buhay, gayundin nang pagpapabangon sa patay.

4. Sila na mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Ito (ang Qur'an) ay walang iba kundi kasinungalingan na kinatha niya (Muhammad), at ang iba ay tumu-long sa kanya rito, kaya't sila nga ay nagpahayag (nagparatang) ng walang katarungan at maling (bagay), at isang kabulaanan." 5. At sila ay nagsasabi: "Mga kuwento lamang ng panahong lumipas, na kanyang isinulat, at ang mga ito ay idinikta lamang sa kanya sa umaga at hapon." 6. Ipagbadya: "Ito (ang Qur'an), ay ipinanaog Niya (Allah, ang Tunay na Panginoon ng kalangitan at kalupaan), na nakakabatid ng lahat ng lihim ng kalangitan at kalupaan. Katotohanang Siya ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

7. At sila ay nagsasabi: "Bakit itong Tagapagbalita (Muhammad) ay kumakain ng pagkain, at lumilibot sa mga pamilihan (na katulad namin). Bakit hindi ang isang anghel ang ipinadala sa kanya upang maging kasama-sama niya sa kanyang pagbibigay ng babala?" 8. "O (bakit) kaya hindi isang kayamanan ang ipinagkaloob sa kanya, o hindi kaya isang halamanan kung saan siya ay maaaring kumain? At ang Zalimun (mga buktot, buhong, pagano, atbp.) ay nagsasabi: "Kayo ay sumusunod lamang sa isang tao na inaalihan (ng demonyo)." 9. Tingnan kung paano sila nagbibigay ng

paghahambing sa iyo, kaya't sila ay napalayo sa pagkaligaw, at sila ay hindi makakatagpo ng (tamang) Landas.

10. Kapuri-puri Siya, na kung Kanyang naisin, ay maggagawad sa inyo ng higit na mabuti sa (lahat) ng mga iyan, - mga Halamanan na sa ibaba nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso), at magbibigay sa inyo ng mga Palasyo (alalaong baga, Paraiso). 11. Hindi, itinatakwil nila ang Oras (ang Araw ng Muling Pagkabuhay), at sa mga nagtatakwil sa Oras, Kami ay naghanda ng nag-aalimpuyong Apoy (alalaong baga, ang Impiyerno). 12. Na kung ito (Impiyerno) ay nakakamasid sa kanila sa kalayuan, ay maririnig nila ang kanyang (Impiyerno) pag-aalimpuyo at pagngangalit. 13. At kung sila ay ihagis na sa loob ng makipot na lugar, na nakatanikala sa isa't isa, sila ay sisigaw doon tungo sa pagkawasak. 14. Huwag kayong sumigaw tungo lamang sa isang pagkawasak, datapuwa't sumigaw kayo sa maraming pagkawasak. 15. Ipagbadya (O Muhammad): "Ang gayon (kayang kaparusahan) ay higit na mainam kaysa sa walang hanggang Halamanan (Paraiso) na ipinangako sa Muttaqun (alalaong baga, mga matimtiman at matutuwid na tao na labis na nangangamba kay Allah at umiiwas sa lahat ng mga kasalanan at masasamang gawa na Kanyang ipinagbawal at labis na nagmamahal kay Allah sa pagsasagawa ng lahat ng mabubuti na Kanyang ipinag-utos)? Ito ay sasakanila bilang isang gantimpala, at bilang isang huling hantungan. 16. Para sa kanila, naroroon ang lahat ng kanilang minimithi, at sila ay magsisipa-nahan (doon). Ito ay isang pangako na pinangangatawanan ng inyong Panginoon na nararapat na matupad.

17. At sa Araw na sila ay Kanyang titipunin nang sama-

sama, gayundin ang mga bagay (imahen, anghel, banal na tao, Hesus - anak ni Maria) na kanilang sinasamba maliban pa kay Allah. Siya (Allah) ay magwiwika: "Kayo ba ang nagligaw sa kanila na Aking mga alipin o sila ba (sa kanilang sarili) ang lumihis sa (tamang) Landas?" 18. Sila ay magsasabi: "Luwalhatiin Kayo! Wala sa amin (ang kapasiyahan) upang tumangkilik ng anumang Auliya (tagapagtanggol, katulong, atbp.) maliban sa Inyo, datapuwa't Inyong binigyan sila at ang kanilang mga ninuno ng kaginhawahan hanggang sa makalimutan nila ang babala, at naging mga tao na napaligaw (sa ganap na pagkapariwara). 19. Kaya't sila (ang mga huwad na diyus-diyosan na kanilang sinamba) ay magbibigay sa inyo (na mga pagano) ng pagpapabulaan sa inyong mga sinasabi (na sila ay iba pang diyos maliban pa kay Allah), sa gayon, kayo ay hindi makakapigil (sa kaparusahan), o makakatagpo kaya ng tulong. At sinuman sa inyo ang nagsigawa ng kamalian (alalaong baga, ang pagsamba sa mga itinatambal kay Allah), Aming hahayaan siya na lasapin ang matinding kaparusahan.

20. At kailanman ay hindi Kami nagsugo maging noong una pa sa iyo (O Muhammad) ng mga Tagapagbalita, maliban sa katotohanan, na sila ay nagsikain ng pagkain at nagsilakad sa mga pamilihan. At ginawa Namin ang iba sa inyo bilang pagsubok sa iba: kayo ba ay mayroong pagtitiyaga? At ang inyong Panginoon ang Lagi nang Ganap na Nakakamasid (ng lahat ng bagay).

21. At sila na hindi umaasa ng Pakikipagtipan sa Amin (alalaong baga, sila na nagtatakwil ng Araw ng Muling Pagkabuhay at ng buhay sa Kabilang Buhay), ay nagsasabi: "Bakit kaya ang mga anghel ay hindi ipinanaog sa amin,

o bakit kaya hindi namin namamasdan ang aming Panginoon?" Katotohanang itinuturing nila ang kanilang sarili na lubhang mataas, at mapang-uyam na taglay ang malaking kapalaluan. 22· Sa Araw na kanilang mamamalas ang mga anghel, - walang masayang balita ang ihahatid doon sa Mujrimun (mga kriminal, pagano, makasalanan, atbp.) sa araw na yaon. At sila (ang mga anghel) ay magsasabi: "Ang lahat ng magagandang balita ay ipinagbabawal sa inyo." (Walang sinuman ang pahihintulutang makapasok sa Paraiso maliban sa kanya na nagsasabi ng: La ilaha ill Allah [Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah], at matimyas na nagsagawa ng [kanyang] mga legal na pag-uutos at tungkulin). 23· At itatambad Namin sa kanila (sa mga hindi sumasampalataya, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, makasalanan, atbp.) ang anumang kanilang ginawa, at gagawin Namin ang mga gawaing yaon na tulad ng nagkalat (at) nakalutang na mga bahagi ng alikabok (dumi). 24· Ang mga maninirahan sa Paraiso (alalaong baga, sila na nararapat na pagkalooban nito dahilan sa kanilang Pananalig at kabutihan) ay magkakaroon sa Araw na yaon ng pinakamabuting pananahanan, at may pinakamainam na lugar upang pagpahingalayan.

25· At (alalahanin) ang Araw, kung ang kalangitan ay mahati sa gitna na may kasamang mga ulap, at ang mga anghel ay pababababain, sa maringal na pagpanaog. 26· Ang Kapamahalaan sa Araw na yaon ay ang tunay (na Kapamahalaan) na natatangi lamang sa Pinakamapagbigay (Allah), at ito ay magiging mahirap na Araw sa mga hindi sumasampalataya (sila na hindi nananalig sa Kaisahan

ni Allah, at sa Islam). 27. At (alalahanin) ang Araw kung ang Zalim (buhong, buktot, pagano, atbp.) ay kakagat sa kanyang mga kamay, (at) siya ay magsasabi: "Oh! Sana ay tumuntong ako sa landas ng Tagapagbalita (Muhammad)!" 28. "Ah! Kasawian sa akin! Sana, kahit na kailan, ay hindi ko itinuring ang kung sinu-sino lamang bilang isang kaibigan!" 29. "Katotohanang siya ang umakay sa akin na mapaligaw sa Paala-ala (ang Qur'an) matapos na ito ay dumatal sa akin. At si Satanas ay lagi nang hindi maaasahan ng tao sa sandali ng pangangailangan." 30. At ang Tagapagbalita (Muhammad) ay magsasabi: "O aking Panginoon! Katotohanan, ang aking pamayanan ay lumayo rito sa Qur'an (sila ay hindi nakinig dito, at hindi rin gumawa ng ayon sa mga batas at pag-uutos nito). 31. Kaya't ginawa Namin sa bawat Propeta ang isang kaaway sa lipon ng Mujrimun (mga buhong, buktot, pagano, atbp.). Datapuwa't Sapat na ang inyong Panginoon bilang isang Tagapamatnubay at Kawaksi.

32. At ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Bakit kaya ang Qur'an ay hindi ipinahayag sa kanya sa kabuuan at minsanan lamang? Tunay ngang gayon (na ito ay ipinanaog ng baha-bahagi) upang Aming mapatibay ang iyong puso. At ito ay ipinahayag Namin sa iyo nang unti-unti, sa maraming antas. (Ito ay ipinahayag sa Propeta sa loob ng 23 taon.) 33. At walang anumang halimbawa o paghahambing ang kanilang maitatanghal (upang tutulan o makahanap ng kamalian sa iyo, o sa Qur'an), nang hindi Namin inihayag sa iyo ang katotohanan (laban sa gayong paghahambing o halimbawa), at ng mainam na kapaliwanagan doon. 34. Sila na titipunin sa Impiyerno (na nakasubsob) sa kanilang

mukha, sila ang malalagay sa isang masamang katayuan, at naligaw nang malayo sa (matuwid) na Landas.

35. At katotohanang ipinagkaloob Namin kay Moises ang Kasulatan (Torah, ang mga Batas), at itinadhana Namin ang kanyang kapatid na si Aaron bilang kanyang katuwang. 36. At Kami ay nagwika: "Kayo ay kapwa pumaroon sa mga tao na nagsipagtakwil ng Aming Ayat (mga katibayan, talata, tanda, aral, atbp.). At pagkatapos ay Aming winasak sila ng matinding pagkawasak. 37. At ang pamayanan (mga tao) ni Noe, nang sila ay magtakwil sa mga Tagapagbalita, Aming nilunod sila, at sila ay ginawa Namin na isang Tanda para sa sangkatauhan. At inihanda Namin ang isang kasakit-sakit na kaparusahan sa Zalimun (mga buktot, buhong, pagano, atbp.). 38. At (gayundin) si A'ad at Thamud, at ang mga nagsisipanahan sa Ar-Rass, at marami pang sali't saling lahi sa (kanilang) pagitan. 39. At sa bawat isa sa kanila ay itinambad Namin ang mga halimbawa (bilang mga katibayan at aral, atbp.) at ang bawat isa (sa kanila) ay Aming inihantong sa ganap na pagkawasak (dahilan sa kanilang kawalan ng pananampalataya at gawaing masasama). 40. At katotohanang sila ay nagdaan sa bayan (ni Propeta Lut), kung saan umulan ng masamang ulan. Hindi baga nakikita ito ng (mga walang pananampalataya) [sa pamamagitan ng kanilang mga mata]? Hindi! Datapuwa't sila ay sanay na, na hindi umaasa sa anumang Muling Pagkabuhay.

41. At kung ikaw (O Muhammad) ay kanilang nakikita, ikaw ay kanilang itinuturing lamang bilang isang katatawanan (na nagsasabi): "Ito baga siya na isinugo ni Allah bilang isang Tagapagbalita?" 42. "Halos malapit na niya tayong nailihis sa ating aliah (mga diyos), kung hindi lamang tayo naging

matiyaga at matiim sa ating pagsamba sa kanila!" At kung makita na nila ang kaparusahan, kanilang mapag-aalaman kung sino ang higit na napaligaw sa (Tamang) Landas! 43. Namamalas mo ba siya (O Muhammad) na nagturing sa kanyang pagnanasa bilang kanyang ilah (diyos)? Ikaw ba ay magiging Wakil (nangangalagang patnubay) para sa kanya? 44. O ikaw ba ay nag-aakala na sila ay nakakarinig at nakakaunawa? Sila ay katulad lamang ng mga hayop (bakahan); hindi, sila ay higit na nalayo at napaligaw sa Landas (alalaong baga, sila ay higit pang masahol kaysa sa bakahan).

45. Hindi mo ba napagmasdan kung paano inilatag ng iyong Panginoon ang anino (o lilim)? Kung Kanyang ninais, magagawa Niya ito na hindi tumitinag, - at matapos ay ginawa Namin ang araw na kanyang maging gabay (alalaong baga, pagkatapos nang pagsikat ng araw, [ang anino o lilim] ay sumisiksik at naglalaho sa tanghaling tapat, at muli, ito ay lilitaw kung kumikiling na ang araw, at kung wala ang liwanag ng araw, ay hindi magkakaroon ng anino o lilim). 46. At pagkatapos ay ikinubli Namin ito sa Aming Sarili, - unti-unting nakukubli nang nakalingid. 47. At Siya ang lumikha ng gabi bilang inyong panganlong, at ng pagtulog (bilang) pamamahinga, at ginawa Niya ang maghapon bilang Nushur (alalaong baga, ang pagbangon sa umaga at pagtungo [natin] dito at doon para sa pang-araw-araw na gawain pagkatapos nang pagtulog sa gabi, o di kaya ay katulad ng muling pagkabuhay [paggising sa umaga] matapos ang kamatayan [pagtulog sa gabi]). 48. At Siya ang nagsusugo ng hangin bilang tagapagbalita ng masayang balita, na tumutungo sa harapan ng Kanyang Habag (ang

ulan), at nagpapamalisbis Kami ng dalisay na tubig mula sa alapaap, - 49. Upang magbigay buhay Kami rito sa tigang na lupa, at mabigyan Namin ng inumin ang mga hayupan (bakahan) at mga tao na Aming nilikha.

50. At katotohanang Aming ikinalat (ang ulan o tubig) sa pagitan nila, (upang nang sa gayon) ay makaala-ala sila sa Biyaya ni Allah, datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay tumatanggi (o nagtatakwil sa Katotohanan o Pananalig), at walang tinatanggap kung hindi ang kawalan ng pananalig o walang utang na loob ng pasasalamat. 51. At kung Aming ninais, makakapagpadala Kami ng tagapagbabala sa bawat bayan. 52. Kaya't huwag ninyong sundin ang mga hindi sumasampalataya, datapuwa't magsikhay kayo laban sa kanila (sa pamamagitan ng pangangaral) ng may matimyas na pagsusumakit, dito (sa Qur'an).

53. At Siya ang nagtalaga na maging malaya ang dalawang dagat (dalawang uri ng tubig), ang isa ay naiinom at manamis-namis, at ang isa ay mapait at maalat, at Siya ang nagtakda ng isang sagka at ganap na hadlang (partisyon) sa kanilang pagitan. 54. At Siya ang lumikha ng tao mula sa tubig, at nagtalaga sa kanya ng mga kaanak sa pamamagitan ng dugo, at kaanak sa pamamagitan ng pag-aasawa. At ang inyong Panginoon ay Lagi nang Ganap na Makapangyarihan na makakagawa ng anumang Kanyang naisin.

55. At sila (mga hindi sumasampalataya, pagano, atbp.) ay sumasamba sa mga iba maliban pa kay Allah, ang mga ito ay hindi makakapagbigay sa kanila ng kapakinabangan o makakapagpasakit sa kanila, at ang hindi sumasampalataya ay lalagi nang katulong (ni Satanas) laban sa kanyang Panginoon. 56. At isinugo ka lamang Namin (O Muhammad)

bilang isang tagapagdala ng masayang balita at isang tagapagbabala. 57. Ipagbadya: "Wala akong hinihintay na pabuya mula sa inyo sa gawaing ito (kung ano ang aking ipinahayag mula sa aking Panginoon at mga pangangaral, atbp.), maliban sa sinuman na magnais, ay makakatahak sa Landas ng kanyang Panginoon.

58. At ilagay mo (O Muhammad) ang iyong pagtitiwala sa Kanya na Laging Buhay at Walang Kamatayan, at luwalhatiin mo ang Kanyang mga Papuri, at Siya ay Sapat na bilang isang Ganap na Nakakaalam ng lahat ng mga kasalanan ng Kanyang mga alipin; 59. Na lumikha ng kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito sa anim na Araw. At Siya ay nag-Istawa (naghari o pumaibabaw) sa Lukɪukan (sa paraang naaangkop sa Kanyang Kamahalan). (Siya si Allah), ang Pinakamapagpala! Tanungin mo Siya (si Allah, [O Propeta Muhammad]), tungkol sa Kanyang mga Katangian, sa Kanyang mga nilikha, atbp.) sapagkat Siya ay Al-Khabir (ang Lubos na Nakakaalam ng lahat ng mga bagay). 60. At kung ito ay ipinagbabadya sa kanila: "Magpatirapa kayo sa Pinakamapagpala (Allah)! Sila ay nagsasabi: "At ano ang Pinakamapagpala? Kami ba ay magpapatirapa sa Kanya na iyong ipinag-uutos sa amin (O Muhammad)?" At ito ay lalo lamang nakapagparagdag sa kanilang pagtanggi.

61. Luwalhatiin Siya na naglagay sa kalangitan ng malalaking tala (bituin), at naglagay doon ng malaking sulo (araw), at ng isang buwan na nagbibigay liwanag. 62. At Siya ang nagtalaga sa gabi at araw na magsunuran (alalaong baga, sisikat ang araw pagkatapos ng gabi, at darating ang gabi paglubog ng araw), para sa kanya na nagnanais na makaala-

ala o nagnanais na maipamalas ang kanyang pagtanaw ng utang na loob (ng pasasalamat).

63. At ang mga alipin ng Pinakamapagpala (Allah) ay sila na lumalakad sa kalupaan ng may kapakumbabaan at katahimikan (pino sa pagkilos at pagsasalita), at kung ang luku-luko ay nangungusap sa kanila (ng masasamang salita), sila ay sumasagot sa pangungusap ng may kahinahunan. 64. At sila na gumugugol sa kahabaan ng gabi sa harapan ng kanilang Panginoon, na nagpapatirapa at nakatayo. 65. At sa mga nagsasabi: "O aming Panginoon! Iadya (Ninyo) sa amin ang kaparusahan ng Impiyerno. Katotohanan! Ang Pagpaparusa nito ay lalagi nang hindi magbabawa at mananatili na kaparusahan. 66. Katotohanang ito ay kasamaan (Impiyerno), bilang isang hantungan at isang lugar upang panahanan. 67. At sila, na kung gumugugol ay hindi bulang gugo (nag-aaksaya) at hindi rin kuripot, datapuwa't gumugugol nang ayon sa tama lamang (sa pagitan ng dalawang kalabisang ito), 68. At sila na hindi tumatawag sa ibang ilah (diyos) maliban pa kay Allah, at hindi kumikitil ng buhay na ipinagbabawal ni Allah, maliban na lamang kung makatarungan, at hindi rin gumagawa ng bawal na pakikipagtalik (na seksuwal), - at sinuman ang gumawa nito ay makakatanggap ng kaparusahan. 69. Ang kaparusahan ay gagawing dalawa sa kanya sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at siya ay mananatili roon sa kahihiyan; 70. Maliban sa mga nagsisisi at sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at gumagawa ng kabutihan, para sa kanila, papalitan ni Allah ang kanilang mga kasalanan ng mabubuting gawa, at si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 71. At sinuman ang magsisi at gumawa ng kabutihan,

katotohanan, kung gayon, na siya ay nagsisi kay Allah ng matapat na pagtitika.

72. At sila na hindi sumasaksi sa kabulaanan (o kasinungalingan), at kung sila ay mapapasangkot sa masamang gawa o usapan, kagya't silang lumilisan doon ng may kahihiyan (o karangalan). 73. At sila, na kung pinapaalalahanan ng Ayat (mga tanda, aral, katibayan, talata, atbp.) ng kanilang Panginoon, sila ay hindi lumulugmok na waring mga bingi at bulag. 74. At sila na nagsasabi: "Aming Panginoon! Inyong pagkalooban kami mula sa aming mga asawa at mga anak ng mga magiging kasiya-siya sa aming mga mata, at kami ay gawin Ninyong mga pinuno para sa Mutaqqun (mga matimtiman at mabubuting tao na labis na nangangamba kay Allah sa pamamagitan nang pag-iwas sa lahat ng uri ng kasalanan at masasamang gawa na Kanyang ipinagbawal at labis na nagmamahal kay Allah sa pamamagitan nang paggawa ng lahat ng mga kabutihan na Kanyang ipinag-utos).

75. Sila ang mga gagantimpalaan ng pinakamataas na lugar (sa Paraiso) dahilan sa kanilang pagtitiyaga. At dito, sila ay sasalubungin ng mga pagbati at salita ng kapayapaan at paggalang. 76. Mananatili sila rito; - ito ay napakainam bilang isang hantungan at bilang isang lugar na pananahanan. 77. Ipagbadya (O Muhammad, sa mga hindi sumasampalataya): "Ang aking Panginoon ay dumirinig lamang sa inyo dahilan sa inyong panawagan sa Kanya. Datapuwa't ngayon, katotohanang kayo ay nagtatwa (sa Kanya). Kaya't ang kaparusahan ay sasainyo magpakailanman (hindi magbabawa at mananatiling kaparusahan).

Ang Mga Makata

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ta, Sin, Mim (mga titik Ta, Sa, Ma)
2. Ito ang mga Talata ng lantad na Aklat (ang Qur'an na ipinangako ni Allah sa Torah [mga Batas] at Ebanghelyo, upang ang mga bagay ay maging maliwanag). 3. Maaaring ikaw (O Muhammad) ay magtangka na pumatay sa iyong sarili ng may kapighatian, sa dahilang sila ay hindi sumampalataya sa iyong pagka-Propeta at sa iyong Mensahe (ng Kaisahan ni Allah at ng Islam). 4. Kung Aming naisin, ay Aming maipapanaog sa kanila mula sa kalangitan ang isang tanda, at dahil dito, ay iyuyuko nila ang kanilang leeg sa kapakumbabaan. 5. Datapuwa't wala pang bagong kapahayagan mula sa Pinakamapagpala (Allah) ang dumating sa kanila nang hindi nila tinalikuran. 6. Kaya't katotohanang itinakwil nila (ang Katotohanan, ang Qur'an), at ang balita nang kanilang tinutuya ay sasapit sa kanila.
7. Hindi baga nila namamasdan ang kalupaan, - kung gaano karami ang lahat ng uri ng mabuting pananim na Aming pinatubo rito? 8. Katotohanang naririto ang Ayah (Katibayan o Tanda), datapuwa't ang karamihan sa kanila (mga pagano, mapagsamba sa maraming diyus-diyosan, atbp., na hindi nananalig sa Muling Pagkabuhay) ay hindi sumasampalataya. 9. At katotohanan ang inyong

Panginoon! Siya ang tunay na Pinakamakapang-yarihan, ang Pinakamaawain.

10. At (alalahanin) nang ang iyong Panginoon ay tumawag kay Moises (na nagsa-sabi): "Pumaroon ka sa mga tao na Zalimun (buktot, buhong, pagano, atbp.),- 11. Sa mga tao ni Paraon. Hindi baga nila pangangambahan si Allah at magiging matuwid sa kabutihan?" 12. Siya (Moises) ay nagsabi: "Aking Panginoon! Ako ay nangangamba na ako ay kanilang pasisinungalingan, 13. Ang aking dibdib ay naninikip, at ang aking dila ay naninigas (at hindi makakapangusap), kaya't suguin ninyo si Aaron (na sumama sa akin). 14. "At sila ay may paratang na krimen laban sa akin, at ako ay nangangamba na ako ay kanilang papatayin."

15. Si Allah ay nagwika: "Hindi! Kayo ay kapwa pumaroon doon na may dalang mga Tanda mula sa Amin. Katotohanang Kami ay nasa sa inyo at nakikinig." 16. "At kung kayo ay kapwa dumating na kay Paraon, inyong ipahayag: "Kami ay mga Tagapagbalita ng Panginoon ng lahat ng mga nilalang, - 17. "Kaya't hayaan (mong) ang Angkan ng Israel ay sumama sa amin." 18. (Si Paraon) ay nagsabi (kay Moises): "Hindi baga ikaw ay pinalaki namin bilang aming anak? At ikaw ay namuhay sa amin sa maraming taon ng iyong buhay. 19. At ikaw ay gumawa ng isang gawa (na batid mong) ikaw ang may gawa (alalaong baga, ang krimen nang pagpatay sa isang tao). At ikaw ay isa sa mga walang utang na loob."

20. Si Moises ay nagsabi: "Nagawa ko yaon nang ako ay wala pang muwang (sa mga pag-uutos at mensahe ng aking Panginoon). 21. "Kaya't ako ay tumakas sa iyo nang ako ay matakot sa iyo. Datapuwa't ang aking Panginoon ay nagkaloob sa akin ng Hukman (alalaong baga, ng

karunungang pangrelihiyon, kaalaman, tamang paghatol, pagka-Propeta) at Kanyang hinirang ako bilang isa sa mga Tagapagbalita. 22· At ito ang nakaraang pabor (utang na loob) na tinutunton mo sa akin, - na iyong inalipin ang Angkan ng Israel." 23· Si Paraon ay nagsabi: "At sino ang Panginoon ng Aalamin (sangkatauhan, mga Jinn at lahat ng mga nilalang)?" 24· Si Moises ay nagpahayag: "(Siya) ang Panginoon ng kalangitan at kalupaan, at lahat ng nasa pagitan nito, kung ikaw ay naghahanap ng katiyakan upang mahikayat." 25· Si Paraon ay nagsabi sa mga naroroon: "Hindi baga ninyo narinig (ang kanyang sinabi)? 26· Si Moises ay nagsabi: "(Siya) ang iyong Panginoon at Panginoon ng iyong mga ninuno!" 27· Si Paraon ay nagsabi: "Katotohanan, ang inyong Tagapagbalita na isinugo sa inyo ay isang nasisiraan ng bait!" 28· Si Moises ay nagsabi: "(Siya) ang Panginoon ng Silangan at Kanluran, at lahat ng nasa pagitan nito, kung inyo lamang nauunawaan!" 29· Si Paraon ay nagsabi: "Kung ikaw ay pipili ng ilah (diyos) na iba pa sa akin, katiyakang ipipiit kita na kasama ng ibang mga bilanggo." 30· Si Moises ay nagsabi: "Kahit na dalhin ko sa iyo ang isang bagay na maliwanag (at nakakahikayat)?" 31· Si Paraon ay nagsabi: "Kung gayon, dalhin mo yaon dito, kung ikaw ay isa sa mga nagsasabi ng katotohanan!" 32· Kaya't inihagis (ni Moises) ang kanyang tungkod, at pagmasdan, ito ay isang ahas na naglulumantad. 33· At inilabas niya ang kanyang kamay, at pagmasdan, ito ay naging ganap na kaputian sa mga nakakamasid! 34· Si (Paraon) ay nagsabi sa mga pinuno sa paligid niya: "Katotohanan! Ito ay walang pagsala na isang bihasang manggagaway (o salamangkero). 35· Ibig niyang itaboy kayo sa inyong lupain sa pamamagitan ng kanyang

pangga-gaway, kaya't ano ang inyong maipapayo, at ano ang inyong maipag-uutos?"

36· Sila ay nagsabi: "Pigilan mo siya at ang kanyang kapatid (nang pansamantala), at magpadala ka ng mga tagatawag sa mga lungsod; 37· Upang dalhin sa iyo ang lahat ng magagaling na manggagaway." 38· Kaya't ang mga manggagaway ay inihanay na lahat sa takdang araw at oras na itinalaga. 39· At ipinagbadya sa mga tao: "Kayo rin ba ay magsisihanay? 40· Upang ating masundan ang mga manggagaway (na kapanalig ni Paraon sa kanyang relihiyon ng kawalang paniniwala), kung sila ay magtatagumpay." 41· Kaya't nang ang mga manggaway ay dumating, sila ay nagsabi kay Paraon: "Mayroon bang tiyak na gantimpala na aming tatamuhin kung kami ay manalo?" 42· Siya ay nagsabi: "Oo, at kayo ay katiyakan na mapapabilang sa mga malalapit (sa akin)."

43· Si Moises ay nagsabi sa kanila: "Ihagis ninyo kung ano ang gusto ninyong ihagis!" 44· Kaya't inihagis nila ang kanilang mga lubid at kanilang mga tungkod, at nagsabi: "Sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Paraon, kami ang siyang tunay na magtatagumpay!" 45· Nang magkagayon, ay inihagis ni Moises ang kanyang tungkod, at pagmasdan, nilagom nitong lahat ang mga kabulaanan na kanilang ipinamalas! 46· At ang mga manggagaway ay lumugmok na nagpapatirapa. 47· Na nagsasabi: "Kami ay sumasampalataya sa Panginoon ng Aalamin (sangkatauhan, mga Jinn at lahat ng mga nilalang). 48· Ang Panginoon ni Moises at Aaron."

49· Si (Paraon) ay nagsabi: "Kayo ay naniwala na sa kanya bago ko pa kayo bigyan ng pahintulot. Katotohanang siya ay inyong pinuno, na nagturo sa inyo ng salamangka!

Kaya't katotohanang mapag-aalaman ninyo. Katotohanang aking puputulin ang inyong mga kamay at paa sa magkabilang panig, at kayong lahat ay aking pahihirapan (ititirik sa krus)." 50. Sila ay nagsabi: "Walang kapinsalaan! Katotohanang sa aming Panginoon (Allah), kaming lahat ay magbabalik; 51. Katotohanan! Kami ay lubusang umaasa na ang aming Panginoon ay magpapatawad ng aming mga kasalanan, sapagkat kami ang una sa mga sumasampalataya (sa pagka-Propeta ni Moises at sa ipinahayag sa kanya ni Allah)."

52. At binigyang inspirasyon Namin si Moises na nagsasabi: "Kaunin mo ang Aking mga alipin sa gabi, katotohanang kayo ay tutugisin." 53. Nang magkagayon, si Paraon ay nagpadala ng mga tagatawag sa mga lungsod. 54. (Na nagsasabi): "Katotohanang sila ay isa lamang maliit na lipon. 55. At katotohanang sila ay gumawa ng bagay na nakapagbigay poot sa atin; 56. Datapuwa't tayo ay mga nananahan dito na nakahanda at ganap na napasa-bihan." 57. Kaya't Aming itinaboy sila mula sa mga halamanan at dalisdis, 58. Sa mga kayamanan at sa lahat ng uri ng marangal na lugar. 59. Kaya't (itinaboy Namin ang mga tao ni Paraon) at hinayaan Namin ang Angkan ng Israel ang humalili (o magmana) sa kanila.

60. Kaya't kanilang tinugis sila sa sandali nang pagsikat ng araw. 61. At nang ang dalawang pangkat ay magtagpo sa isa't isa, ang pamayanan ni Moises ay nagsabi: "Katiyakang tayo ay kanilang malulupig." 62. Si (Moises) ay sumagot: "Hindi, katotohanan! Nasa panig ko ang aking Panginoon, ako ay Kanyang papatnubayan." 63. At binigyang inspirasyon Namin si Moises (at sa kanya ay winika): "Hampasin mo

ng iyong tungkod ang dagat." At ito ay nahati, at ang bawat gilid ng (tubig-dagat) ay naging malaki at matibay na anyo ng bundok. 64· At makaraaan, hinayaan Naming ang mga iba (sa pangkat ni Paraon) ay sumapit sa lugar na yaon. 65· At iniligtas Namin si Moises at ang lahat ng kasama niya. 66· At Aming nilunod ang mga iba (ang pangkat ni Paraon). 67· Katotohanan! Katiyakang naririto ang isang Tanda (o isang Katibayan), datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi sumasampalataya. 68· At katotohanan, ang iyong Panginoon! Siya lamang ang tunay na Pinakamakapangyarihan, ang Pinakamaawain.

69· At isalaysay mo sa kanila ang kasaysayan ni Abraham. 70· Nang sabihin niya sa kanyang ama at sa kanyang mga tao: "Ano baga ang inyong sinasamba?" 71· Sila ay nagsabi: "Kami ay sumasamba sa mga imahen, at sa kanila kami ay lagi nang matimtiman." 72· Siya (Abraham) ay nagsabi: "Kayo ba ay naririnig nila, kung kayo ay tumatawag (sa kanila)? 73· O sila ba ay nagbibigay ng kapakinabangan sa inyo o pinipinsala nila (kayo)?" 74· Sila ay nagsabi: "Hindi, nguni't nakagisnan na namin ang aming mga ninuno na gumagawa ng ganito."

75· Siya (Abraham) ay nagsabi: "Nagmamasid ba kayo sa mga bagay na inyong sinasamba?" 76· "Kayo, at ang inyong mga ninuno noon pa sa panahong sinauna?" - 77· Katotohanan! Sila ay aking mga kaaway, maliban sa Panginoon ng Aalamin (sangkatauhan, mga Jinn at lahat ng mga nilalang); 78· Na lumikha sa akin, at Siya na Tanging namamatnubay sa akin; 79· At Siya ang nagpapakain at nagbibigay sa akin ng inumin. 80· At kung ako ay maysakit, Siya ang nagbibigay lunas sa akin; 81· At Siya ang maggagawad sa akin ng kamatayan, at Siya rin ang magbabangon sa akin sa (muling) pagkabuhay;

82. At sa Kanya, ako ay nanalig na (Siya ay) magpapatawad ng aking mga kamalian sa Araw ng Kabayaran, (ang Araw ng Muling Pagkabuhay),

83. Aking Panginoon! Inyong gawaran ako ng Hukman (alalaong baga, karunungang pangrelihiyon, kaalaman, pagka-Propeta), at ako ay Inyong ibilang sa mga matutuwid; 84. At Inyong pagkalooban ako ng karangal-rangal na banggit sa mga darating na sali't saling lahi; 85. At Inyong gawin ako na isa sa mga tagapagmana ng Paraiso ng Kasiyahan; 86. At patawarin Ninyo ang aking ama, katotohanang siya ay isa sa mga nalilihis (ng landas); 87. At ako ay huwag Ninyong alisan ng biyaya sa Araw (na ang lahat ng mga nilikha) ay muling ibabangon (sa pagkabuhay); 88. Sa Araw na ang kayamanan o maging mga anak (na lalaki) ay hindi makaka-panaig, 89. Maliban sa kanya na magdadala kay Allah ng isang malinis na puso (malinis sa pagsamba sa mga diyus-diyosan [shirk] at kapaimbabawan [Nifaq])."

90. At ang Paraiso ay itatambad nang malapit sa Muttaqun (mga mabubuti, banal at matutuwid na tao na higit na nangangamba kay Allah sa pamamagitan nang pag-iwas sa lahat ng uri ng kasalanan at kasamaan na Kanyang ipinagbawal, at labis na nagmamahal kay Allah sa pagsasagawa ng lahat ng uri ng kabutihan na Kanyang ipinag-utos). 91. At ang Apoy (Impiyerno) ay ilalantad nang ganap sa paningin ng mga makasalanan. 92. At sa kanila ay ipagbabadya: "Nasaan sila (mga diyus-diyosan na itinatambal nila bilang karibal ni Allah) na lagi ninyong sinasamba?, - 93. Maliban pa kay Allah? Sila ba ay makakapagbigay ng tulong sa inyo (o di kaya) ay matutulungan nila ang kanilang sarili?" 94. (Kung magkagayon), sila ay ihahagis

(sa Apoy) na una ang kanilang mukha, sila at ang Ghawun (mga demonyo at lahat ng mga nasa kamalian). 95· At ang buong lipon ni Iblis (Satanas) nang sama-sama. 96· Sila ay magsasabi habang sila ay nagtatalo (at nagsisisihan) doon, 97· Sa (Ngalan) ni Allah, katiyakang tayo ay nasa maliwanag na kamalian, 98· Nang aming itinuring kayo (mga huwad na diyos) bilang kapantay (sa pagsamba) sa Panginoon ng Aalamin (sangkatauhan, mga Jinn at lahat ng mga nilalang); 99· At wala ng iba pa ang naghatid sa amin sa kamalian kung hindi ang Mujrimun (si Iblis [Satanas] at mga tao na buhong, pagano, buktot, mapang-api, atbp.). 100· Ngayon, kami ay walang mga tagapamagitan, 101· Gayundin ng isang malapit na kaibigan (upang kami ay tulungan). 102· (Oh!) Kung kami ay mayroon lamang na isa pang pagkakataon na makabalik (sa kalupaan), katiyakang kami ay mapapabilang sa mga sumasampalataya! 103· Katotohanan! Naririto ang isang tiyak na Tanda, datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay hindi sumasampalataya. 104· At katotohanan, ang iyong Panginoon! Siya ang tunay na Pinakamakapangya-rihan, ang Pinakamaawain.

105· Ang mga tao (pamayanan) ni Noe ay nagpasinungaling sa mga Tagapagbalita. 106· Nang ang kanilang kapatid na si Noe ay nangusap sa kanila: "Hindi baga ninyo pangangambahan si Allah at susundin Siya? 107· Ako ay isang mapagkakatiwalaang Tagapagbalita sa inyo. 108· Kaya't pangambahan ninyo si Allah (panatilihin ang inyong tungkulin sa Kanya), at ako ay inyong sundin. 109· Walang anumang gantimpala ang hinihingi ko sa inyo para rito (sa aking pagbibigay ng Mensahe ng Islam at Kaisahan ni Allah), ang aking biyaya ay nagmumula

lamang sa Panginoon ng Aalamin (sangkatauhan, mga Jinn at lahat ng mga nilalang). 110. Kaya't panatilihin ninyo ang inyong tungkulin kay Allah, pangambahan Siya at ako ay inyong sundin." 111. Sila ay nagsasabi: "Kami ba ay mananampalataya sa iyo, kung ang mga sumusunod lamang sa iyo ay pawang mga hamak (walang sinasabi sa lipunan)?" 112. Siya (Noe) ay nagsabi: "At ano ba ang aking kaalaman, kung anuman ang kanilang ginagawa? 113. Ang talaan (ng kanilang gawa) ay tanging nasa aking Panginoon, kung inyo (lamang) nalalaman. 114. At hindi ko gagawin na itaboy ang mga sumasampalataya. 115. Ako ay isa lamang lantad na tagapagbabala."

116. Sila ay nagsasabi: "Kung ikaw ay hindi magtitigil, O Noe! Katiyakang ikaw ay mapapabilang sa mga babatuhin (hanggang kamatayan)." 117. Siya (Noe) ay nagsabi: "Aking Panginoon! Katotohanan, ang aking pamayanan ay nagpasinungaling sa akin. 118. Kaya't Kayo ang humatol sa pagitan ko at nila, at Inyong iligtas ako at ang mga sumasampalataya na kapiling ko." 119. At Aming iniligtas siya at ang kanyang mga kasama sa nalululanang barko. 120. At Aming nilunod ang mga naiwan (mga hindi sumasampalataya) matapos ang pagliligtas sa Al-Baqin (kay Noe at sa kanyang mga kasama na sumasampalataya). 121. Katotohanan! Naririto ang isang tiyak na Tanda, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi sumasampalataya. 122. At katotohanan! Ang iyong Panginoon, Siya ang tunay na Pinakamakapangyarihan, ang Pinakamaawain.

123. (Ang mga tao) ni A'ad ay nagpabulaan sa mga Tagapagbalita. 124. Nang ang kanilang kapatid na si Hud ay

mangusap sa kanila: “Hindi baga ninyo pangangambahan si Allah at susundin Siya? 125. Katotohanang ako ay isang mapagkakatiwalaang Tagapagbalita sa inyo. 126. Kaya’t pangambahan ninyo si Allah (panatilihin ang inyong tungkulin sa Kanya), at ako ay inyong sundin. 127. Walang anumang gantimpala ang aking hinihingi sa inyo para rito (sa aking pagpapahayag ng Islam at Kaisahan ni Allah), ang aking biyaya ay nagmumula lamang sa Panginoon ng Aalamin (sangkatauhan, mga Jinn at lahat ng mga nilalang). 128. Kayo ba ay nagtatayo ng mga matataas na palasyo sa bawat mataas na burol, bagama’t kayo ay hindi nananahan doon? 129. At nag-aangkin ba kayo sa inyong sarili ng mga palasyo (maiinam na mga gusali), na wari bang maninirahan kayo roon sa panghabang panahon. 130. At kung kayo ay manaklot, kayo ay nananaklot bilang mga (pinunong) malulupit? 131. Kaya’t pangambahan ninyo si Allah (panatilihin ninyo ang inyong tungkulin sa Kanya), at ako ay inyong sundin. 132. At panatilihin ninyo ang inyong tungkulin sa Kanya, pangambahan Siya na nagkaloob sa inyo ng lahat (ng magagandang bagay) na inyong nalalaman. 133. Kayo ay pinagkalooban Niya ng hayupan (bakahan) at mga anak. 134. At mga halamanan at dalisdis. 135. Katotohanan, aking pinangangambahan para sa inyo ang kaparusahan ng Dakilang Araw.”

136. Sila ay nagsabi: “Walang pagkakaiba sa amin kung ikaw ay mangaral o hindi ka kabilang sa mga nangangaral. 137. Ito ay wala ng iba maliban sa mga kaugalian at paniniwala noong panahong sinauna, 138. At kami ay hindi mapaparusahan.” 139. Kaya’t siya ay pinabulaanan nila, at Aming winasak sila. Katotohanan! Naririto ang isang tiyak na Tanda, datapuwa’t

ang karamihan sa kanila ay hindi sumasampalataya. 140. At katotohanan! Ang iyong Panginoon, Siya ang tunay na Pinakamakapang-yarihan, ang Pinakamaawain.

141. (Ang mga tao) ni Thamud ay nagpabulaan sa Tagapagbalita. 142. Nang ang kanilang kapatid na si Salih ay nagbadya sa kanila: "Hindi baga ninyo pangangambahan si Allah at susundin Siya? 143. Ako ay isang mapagkakatiwalaang Tagapagbalita sa inyo. 144. Kaya't pangambahan ninyo si Allah (panatilihin ninyo ang inyong tungkulin sa Kanya), at ako ay inyong sundin. 145. Walang anumang gantimpala ang aking hinihingi sa inyo para rito (sa aking pagpapahayag ng Islam at Kaisahan ni Allah), ang aking biyaya ay nagmumula lamang sa Panginoon ng Aalamin (sangkatauhan, mga Jinn, at lahat ng mga nilalang). 146. Kayo baga ay maiiwan nang ligtas sa lugar na kinaroroonan ng inyong mga pag-aari? 147. Sa mga halamanan at dalisdis. 148. At sa mga bukirin ng mais at palmera (datiles) na may malalambot na sungot (o talulot, Eng. spadix). 149. At kayo ay umuukit ng mga tahanan sa gilid ng kabundukan na may natatanging kaalaman. 150. Kaya't pangambahan ninyo si Allah (panatilihin ang inyong tungkulin sa Kanya), at ako ay inyong sundin. 151. At huwag ninyong sundin ang pag-uutos ng Almusrifun (alalaong baga, ang kanilang mga pinuno na buktot, pagano, kriminal, atbp.), 152. Na gumagawa ng mga katampalasanan sa kalupaan at tumatangging magbagong buhay."

153. Sila ay nagsabi: "Ikaw ay isa lamang sa mga inalihan ng demonyo! 154. Ikaw ay isa lamang tao na katulad namin. Kaya't dalhin mo sa amin ang isang Tanda kung ikaw ay isa sa mga nagsasabi ng katotohanan." 155. Siya (Salih) ay nagsabi: "Naririto ang isang babaeng kamelyo; siya ay

mayroong karapatan na uminom (ng tubig), at kayo ay mayroong karapatan na uminom (ng tubig), sa maraming beses, sa araw na itinalaga. 156. At huwag ninyong hipuin siya ng may pinsala, baka ang kaparusahan ng Dakilang Araw ay sumaklot sa inyo." 157. Datapuwa't kanilang pinatay siya (babaeng kamelyo), at pagkaraan sila ay nagsisi. 158. Kaya't ang kaparusahan ay sumaklot sa kanila. Katotohanang naririto ang isang tunay na Tanda, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi sumasampalataya. 159. At katotohanan! Ang iyong Panginoon, Siya ang tunay na Pinakamakapangyarihan, ang Pinakamaawain.

160. Ang mga tao ni Lut (yaong mga nagsipanahan sa mga bayan ng Sodom at Palestina) ay nagpabulaan sa mga Tagapagbalita. 161. Nang ang kanilang kapatid na si Lut ay nagsabi sa kanila: "Hindi baga ninyo pangangambahan si Allah at susundin Siya? 162. Katotohanang ako ay isang mapagkakatiwalaang Tagapagbalita sa inyo. 163. Kaya't pangambahan ninyo si Allah (panatilihin ninyo ang inyong tungkulin sa Kanya), at ako ay inyong sundin. 164. Wala akong hinihinging gantimpala mula sa inyo para rito (sa aking pagpapahayag ng Islam at Kaisahan ni Allah), ang aking biyaya ay nagmumula lamang sa Panginoon ng Aalamin (sangkatauhan, mga Jinn at lahat ng mga nilalang). 165. Nagsisitungo kayo sa mga kalalakihan ng Aalamin (sangkatauhan), 166. At iniiwan ninyo ang mga nilikha ni Allah (mga kababaihan) para inyong maging mga asawa? Hindi, kayo ay mga taong lumagpas sa hangganan ng pagsuway (makasalanan)!"

167. Sila ay nagsabi: "Kung ikaw ay hindi magtitigil, O Lut! Katotohanang ikaw ay isa sa mapapabilang sa mga

itataboy!" 168. Siya (Lut) ay nagsabi: "Ako ay katotohanang isa sa mga tumututol nang may matinding pagkagalit at poot sa inyong (masamang) ginagawa (sodomya, pakikipagniig sa kapwa lalaki). 169. Aking Panginoon! Inyong iligtas ako at ang aking pamilya sa kanilang ginagawa." 170. Kaya't Aming iniligtas siya at ang kanyang pamilya, silang lahat, - 171. Maliban sa isang matandang babae (ang kanyang asawa) na isa sa mga nagpaiwan. 172. At pagkaraan ay Aming winasak ang mga iba pa. 173. At pinaulan Namin sa kanila ang ulan (ng pagpaparusa). At gaano kasama ang naging ulan ng mga pinaalalahanan. 174. Katotohanan! Naririto ang isang tiyak na Tanda, datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay hindi sumasampalataya. 175. At katotohanan! Ang iyong Panginoon, Siya ang tunay na Pinakamakapangyarihan, ang Pinakamaawain.

176. Ang mga naninirahan sa Al-Aiyka (malapit sa Madyan o Midian) ay nagpabulaan sa mga Tagapagbalita. 177. Nang si Shu'aib ay mangusap sa kanila: "Hindi baga ninyo pangangambahan si Allah at susundin Siya? 178. Ako ay isang mapagkakatiwalaang Tagapagbalita sa inyo. 179. Kaya't pangambahan ninyo si Allah (panatilihin ang inyong tungkulin sa Kanya), at ako ay inyong sundin. 180. Walang anumang gantimpala ang aking hinihingi sa inyo para rito (sa aking pagpapahayag ng Islam at Kaisahan ni Allah), ang aking biyaya ay nagmumula lamang sa Panginoon ng Aalamin (sangkatauhan, mga Jinn, at lahat ng mga nilalang). 181. Magbigay ng tamang sukat at huwag maghangad ng kasahulan (sa mga iba). 182. At magtimbang ng tunay at tumpak na timbang. 183. At huwag manlinlang ng mga tao sa pamamagitan ng pagbabawas sa kanilang

mga ari-arian, at huwag ding gumawa ng kasamaan, na gumagawa ng katiwalian at panloloko sa kalupaan. 184. At pangambahan Siya na lumikha sa inyo at sa mga sali't saling lahi noong panahong sinauna."

185. Sila ay nagsabi: "Ikaw ay isa lamang sa mga inalihan ng demonyo! 186. Ikaw ay isa lamang tao na katulad namin, at katiyakan, kami ay nag-aakala na ikaw ay isa sa mga sinungaling! 187. Kaya't hayaan ang isang bahagi (piraso) ng kalangitan ay bumagsak sa amin kung ikaw ay kabilang sa nagsasabi ng katotohanan!" 188. Siya (Shuaib) ay nagsabi: "Ang aking Panginoon ang Ganap na Nakakaalam ng anumang inyong ginagawa." 189. Datapuwa't kanilang pinabulaanan siya, kaya't ang kaparusahan ng araw ng anino (isang madilim na ulap) ay sumaklot sa kanila, katiyakang ito ang kaparusahan ng Dakilang Araw. 190. Katotohanan! Naririto ang isang tiyak na Tanda, datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay hindi sumasampalataya. 191. At katotohanan! Ang iyong Panginoon, Siya ang tunay na Pinakamakapangyarihan, ang Pinakamaawain.

192. At katotohanan, ito (ang Qur'an) ay isang kapahayagan mula sa Panginoon ng Aalamin (sangkatauhan, mga Jinn, at lahat ng mga nilalang), 193. Na ipinanaog ng mapagkakatiwalaang Ruh (Espiritu, si Gabriel Arkanghel) mula (kay Allah); 194. Sa iyong puso (O Muhammad), upang ikaw ay maging (isa) sa mga tagapag-babala, 195. Sa malinaw na wikang Arabik. 196. At katotohanan, ito (ang Qur'an at ang pagkapahayag nito kay Propeta Muhammad) ay (ipinahayag) sa mga Kasulatan (alalaong baga, ang Torah [mga Batas] at Ebanghelyo) sa mga naunang tao. 197. Hindi pa ba isang tanda sa kanila na ang mga pantas (na katulad ni

Abdullah bin Salam na yumakap sa Islam) mula sa Angkan ng Israel ay nakakaalam (na ito ay katotohanan)?

198. At kung Aming inihayag ito (ang Qur'an) sa kaninuman na hindi Arabe (o Arabo), 199. At kanyang dinalit ito sa kanila, sila ay hindi magsisipaniwala rito. 200. Kaya't hinayaan Namin ito (ang pagtatakwil sa Qur'an) na magsipasok sa puso ng Mujrimun (mga kriminal, pagano, makasalanan, atbp.). 201. Hindi sila mananampalataya rito hanggang sa kanilang makita ang masakit na Kaparusahan; 202. Ito ay daratal sa kanila sa isang iglap, sa sandaling ito ay hindi nila napag-aakala; 203. (At kung magkagayon) sila ay magsasabi: "Kami ba ay maaaring bigyan ng kaunting panahon (palugit)?"

204. Sila ba kung gayon ay magnanais na ang Aming Kaparusahan ay madaliin sa kanila? 205. Sabihin sa Akin; kung hinayaan Namin na sila ay magpakasaya sa maraming taon, 206. At pagkatapos ay dumatal sa kanila (ang kaparusahan) na sa kanila ay ipinangako! 207. Ang lahat ng bagay na kanilang pinagpapasasaan ay hindi makakatulong sa kanila. 208. At kailanman ay hindi Namin winasak ang anumang pamayanan, maliban na sila ay binigyan ng mga tagapagbabala, - 209. Sa pamamagitan ng Pagpapaala-ala, at Kami kailanman ay laging makatarungan. 210. At hindi ang mga demonyo ang nagpapanaog nito (ang Qur'an), 211. Ito ay hindi makakatugon sa kanilang naisin, gayundin naman, sila ay hindi maaaring (makagawa nito). 212. Katotohanan, sila ay inilipat nang malayo upang duminig dito.

213. Kaya't huwag kayong manawagan kay Allah na may kasama pang ibang ilah (diyos), kung magkagayon, kayo ay mapapabilang sa mga tatanggap ng kaparusahan.

214. At paalalahanan mo (O Muhammad) ang iyong tribo at malalapit na kamag-anak. 215. At maging mabait at mapagpakumbaba sa mga sumasampalataya na sumusunod sa iyo. 216. At kung sila ay sumuway sa iyo, iyong ipagbadya: "Ako ay walang kaalaman sa inyong ginagawa." 217. At ilagak mo ang iyong pagtitiwala sa Pinakamakapangyarihan, ang Pinaka-maawain, - 218. Na nakakamasid sa iyo (O Muhammad) kung ikaw ay nakatindig (na mag-isa sa pagdarasal ng Tahajjud sa gabi). 219. At sa iyong mga kilos, sa gitna ng mga nagpapatirapa (kay Allah, na kasama ka sa pagdarasal ng mga takdang panalangin). 220. Katotohanan! Siya, at Siya lamang ang Lubos na Nakakarinig, ang Puspos ng Kaalaman.

221. Ipapaalam Ko ba sa inyo (O mga tao) kung kanino bumababa ang mga demonyo? 222. Sila ay bumababa sa bawat sinungaling (na nagsasabi ng mga kabulaanan), at makasalanang tao. 223. Na nakikinig (sa mga demonyo at kanilang ibinubuhos kung anuman ang kanilang marinig tungkol sa nakalingid mula sa mga anghel), at karamihan sa kanila ay mga sinungaling. 224. At sa mga makata, ang mga nasa kamalian ay sumusunod sa kanila, 225. Hindi baga ninyo namamasdan na sila ay nagsasalita tungkol sa lahat ng mga bagay (na nagpupuri sa iba, maging tama man o mali) sa kanilang mga tula? - 226. At sila ay nagsasabi ng bagay na hindi nila ginagawa. 227. Maliban sa mga sumasampalataya (sa Islam at sa Kaisahan ni Allah), at gumagawa ng mga kabutihan at laging may pag-aala-ala kay Allah, at sumasagot rin (nang patula) sa mga walang katarungang tula (na dinadalit ng mga paganong makata laban sa mga

Muslim). At sila na gumagawa ng kamalian ay makakaalam kung anong pagbagsak ang sa kanila ay babagsak.

Surah 27 • An-Naml

Ang Mga Langgam

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. *Ta, Sin* (mga titik Ta, Sa).

Ito ang mga Talata ng Qur'an, (at ito) ay isang Aklat (na nagpapaliwanag sa mga bagay) na maging malinaw. 2. Isang Patnubay (sa Tamang Landas); at masayang balita sa mga sumasampalataya (na nananalig sa Kaisahan ni Allah at sa Islam). 3. Sila na nag-aalay ng mga panalangin nang mahinusay (Iqamat-as-Salah), at nagkakaloob ng Zakah (katungkulang kawanggawa) at sila ay sumasampalataya ng may katiyakan sa Kabilang Buhay (Muling Pagkabuhay, Kabayaran sa kanilang mabubuti at masasamang gawa, Paraiso at Impiyerno, atbp.). 4. Katotohanan, sila na hindi sumasampalataya sa Kabilang Buhay, Aming pinapangyari na ang kanilang mga gawa ay maging kasiya-siya sa kanila upang sila ay magsilibot na nabubulagan. 5. Sila ang magkakamit ng masamang kaparusahan (sa mundong ito), at sa Kabilang Buhay, sila ang matindi ang pagkatalo (higit na mawawalan). 6. At katotohanan, ikaw (O Muhammad) ay tumatanggap ng Qur'an mula sa Tanging Isa, ang Ganap na Maalam, ang Puspos ng Karunungan.

7. (At alalahanin) nang sabihin ni Moises sa kanyang

kasambahay: “Katotohanang ako ay nakapanagimpan ng apoy sa malayong lugar, ako ay mag-uuwi para sa inyo ng ilang kaalaman mula roon, o ako ay magdadala sa inyo ng isang nag-aapoy na bagay upang inyong mabigyan init ang inyong sarili.” 8. Datapuwa’t nang siya ay pumaroon doon, siya ay tinawag: “Kinakasihan ang sinumang nasa Apoy, at kung sinuman ang nakapalibot doon! At Puspos ng Kaluwalhatian si Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang.”

9. O Moises! Katotohanan! Ako si Allah, ang Pinakamakapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan. 10. At iyong ihagis ang iyong tungkod! Datapuwa’t nang makita niya ito na gumagalaw na waring isang ahas, siya ay tumalikod na natatakot at siya ay hindi lumingon. (At dito ay ipinagbadya): “O Moises! Huwag kang matakot, katotohanang ang mga Tagapagbalita ay hindi nangangamba sa Aking Harapan. 11. Maliban sa kanya na nakagawa ng kamalian, at matapos yaon ay gumawa na mapalitan ang kasamaan ng kabutihan, at katiyakang Ako ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 12. At ilagay mo ang iyong kamay sa iyong dibdib, malalantad ito na puti na walang pinsala. (Ito ay ilan) lamang sa siyam na mga Tanda (na iyong dadalhin) kay Paraon at sa kanyang pamayanan, sila ang mga tao na Fasiqun (mga mapaghimagsik at palasuway kay Allah).” 13. Datapuwa’t nang ang Aming Ayat (mga katibayan, kapahayagan, talata, tanda, atbp.) ay dumatal sa kanila na maliwanag na makikita, sila ay nagsabi: “Ito ay naglulumantad na salamangka.” 14. At sila ay nagpabulaan dito (sa mga Ayat) ng may kamalian at kapalaluan, bagama’t ang kanilang sarili ay sumasang-ayon

dito (alalaong baga, ang gayong Ayat ay mula kay Allah at si Moises ay isang Tagapagbalita ni Allah, datapuwa't hindi nila ibig na sumunod kay Moises, at namumuhi sila na manalig sa kanyang Mensahe ng Kaisahan ni Allah). Kaya't inyong pagmasdan kung ano ang kinahinatnan ng Mufsidun (mga hindi nananampalataya, palasuway kay Allah, mapaggawa ng kasamaan, sinungaling).

15. At katotohanang Kami ay nagkaloob ng karunungan kina David at Solomon, at sila ay kapwa nagsabi: "Ang lahat ng Pagpupuri at pasasalamat ay kay Allah na nagturing sa amin ng higit (sa karamihan) ng Kanyang maraming alipin na sumasampalataya!" 16. At si Solomon ang nagmana (ng karunungan ni) David. Siya ay nagsabi: "O sangkatauhan! Kami ay tinuruan ng wika ng mga ibon, at sa aming lahat ay ipinagkaloob ang lahat ng bagay. Ito ay katotohanang isang Lantad na Biyaya (mula kay Allah)".

17. At nagsipagtipon sa harapan ni Solomon ang mga lipon ng mga Jinn at tao, at mga ibon, at silang lahat ay itinalaga sa pag-uutos sa labanan (na nagmamartsa nang pasulong). 18. Hanggang nang sila ay sumapit sa lambak ng mga langgam, ang isa sa mga langgam ay nagsabi: "O mga langgam! Magsipasok kayo sa inyong tirahan, kung hindi, baka si Solomon at ang kanyang mga lipon ay gumasak sa inyo, samantalang ito ay hindi nila napag-aakala." 19. Kaya't siya (Solomon) ay ngumiti, na namangha sa kanyang (langgam) pahayag at nagsabi: "Aking Panginoon! Bigyan (Ninyo) ako ng inspirasyon at ipagkaloob Ninyo sa akin ang kapangyarihan at kakayahan upang ako ay tumanaw ng utang na loob ng pasasalamat sa Inyong mga kaloob, na inyong iginawad sa akin at sa aking mga

magulang, at upang ako ay makagawa ng mabubuting gawa na makakalugod sa Inyo, at ako ay tanggapin Ninyo sa Inyong Habag na kasama ng Inyong matutuwid na mga alipin."

20. Kanyang sinuri ang mga ibon at nagsabi: "Ano ang nangyayari sa inyo at hindi ko nakita ang Hoopoe? O siya ba ay isa mga lumiban? (Ang Hoopoe ay isa sa mga ibon na magaan at mabanayad na may lantad na iba't ibang kulay ng pakpak [balahibo], at may dilaw na hibla sa kanyang ulo, isang dahilan upang siya ay tawaging ibon na may dugong bughaw). 21. Katotohanang siya ay aking parurusahan ng matinding kaparusahan, o siya ay (aking) kakatayin, malibang siya ay magdala ng maliwanag na dahilan (katwiran)." 22. Datapuwa't ang Hoopoe ay hindi nanatili nang matagal, siya (ay lumitaw) at nagsabi: "Aking naunawaan (ang karunungan ng isang bagay) na hindi mo naunawaan at ako ay pumarito sa iyo mula sa Saba (Sheba) na may tunay na balita. 23. Natagpuan ko ang isang babae na namamahala sa kanila, at siya ay pinagkalooban ng lahat ng bagay na maaaring angkinin ng sinumang namamahala ng kalupaan, at siya ay mayroong dakilang luklukan. 24. Aking natagpuan siya at ang kanyang pamayanan na sumasamba sa araw, at hindi kay Allah, at ginawa ni Satanas ang kanilang gawa na kasiya-siya sa kanila, at humadlang sa kanila tungo sa Landas (ni Allah), kaya't sila ay walang patnubay. 25. 'Al-la' (ang salitang ito ay mayroong dalawang kahulugan; a] Dahil si Satanas ay humadlang sa kanila sa landas ni Allah, upang sila ay hindi sumamba (o magpatirapa) kay Allah, o b] Upang kanilang sambahin (magpatirapa sa harapan) ni Allah, na nagdala ng kaliwanagan kung ano ang nakalingid

sa kalangitan at kalupaan at nakakatalos kung ano ang inyong ikinukubli o inilalantad). 26· Allah, La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), ang Panginoon ng Kataas-taasang Luklukan!

27· (Si Solomon) ay nagsabi: "Aming titingnan kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan o ikaw (ay isa) sa mga sinungaling. 28· Humayo ka na dala ang aking sulat, at ihatid mo ito sa kanila, at pagkatapos ay lumayo ka sa kanila, at tingnan kung ano (ang sagot) na kanilang ibabalik." 29· Siya (Saba o Sheba) ay nagsabi: "O mga pinuno! Narito at inihatid sa akin ang isang marangal na sulat, 30· Katotohanang ito ay mula kay Solomon at katotohanang ito ay nagsasabi!: "Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain." 31· Huwag kayong maging mataas laban sa akin, datapuwa't pumarito kayo sa akin bilang mga Muslim (mga tunay na sumasampalataya at tumatalima kay Allah ng may ganap na pagsuko)." 32· Siya (Saba o Sheba) ay nagsabi: "O mga pinuno! Inyong pagpayuhan ako rito sa aking kalagayan. Hindi ako magpapasya sa ganitong kalagayan hanggang kayo ay wala sa aking harapan." 33· Sila ay nagsabi: "Kami ay mayroong matinding lakas at malaking kakayahan para sa digmaan, datapuwa't nasa sa iyo ang pag-uutos; kaya't iyong pagnilaying mabuti kung ano ang iyong ipag-uutos." 34· Siya (Saba o Sheba) ay nagsabi: "Katotohanang ang mga Hari, kung sila ay pumasok sa isang bayan (bansa), ito ay kanilang niyuyurakan, at ginagawa nila na ang pinakamarangal sa lipon ng kanyang mga tao ay maging aba. At ito ay kanilang ginagawa. 35· Datapuwa't katotohanang

ako ay magpapadala sa kanya ng isang regalo, at tingnan kung ano (ang sagot) na ibabalik ng mga sugo."

36. Kaya't nang (ang mga sugo na nagdala ng regalo) ay dumating kay Solomon, siya ay nagsabi: "Ako ba ay tutulungan ninyo sa kayamanan? Datapuwa't kung anuman ang iginawad sa akin ni Allah ay higit na mabuti kaysa sa ibinigay sa inyo! Hindi, kayo ay nagsasaya sa inyong regalo!" 37. (At si Solomon ay nagsabi sa pinuno ng kanyang mga sugo na nagdala ng regalo): "Magsibalik kayo sa kanila. Katotohanang tayo ay paparoon sa kanila na may mga pangkat na hindi nila masusupil, at sila ay ating itataboy mula roon na kahiya-hiya, at sila ay magiging hamak."

38. Siya (Solomon) ay nagsabi: "O mga pinuno! Sino sa inyo ang makakapagdala sa akin ng kanyang luklukan bago sila ay pumarito sa akin na nagsusuko ng kanilang sarili sa pagtalima?" 39. Isang Ifrit (na malakas) mula sa mga Jinn ang nagsabi: "Ako ang maghahatid nito sa iyo bago ka tumindig sa iyong lugar (sanggunian). At katotohanang ako ay tunay na malakas at mapagkakatiwalaan sa gayong gawain." 40. At ang isa (sa kanila) na may karunungan sa Kasulatan ay nagsabi: "Ito ay aking dadalhin sa inyo sa isang kurap lamang ng mata!", at nang makita (ni Solomon) na ito ay inilagay sa kanyang harapan, siya ay nagsabi: "Ito ay sa pamamagitan ng biyaya ng aking Panginoon, - upang ako ay masubukan kung ako ay may pasasalamat o walang pagtanaw ng pasasalamat! At kung sinuman ang may pagtanaw ng pasasalamat, katiyakang ang kanyang pagbibigay ng pasasalamat (ay tungo sa kabutihan) ng kanyang sarili, at sinuman ang walang pagtanaw ng pasasalamat, (ang kanyang kawalan nang pagtanaw ng pasasalamat ay para

lamang sa kasahulan ng kanyang sarili). Katiyakan, ang aking Panginoon ay Masagana (hindi nangangailangan ng anuman), ang Tigib ng Biyaya."

41. Siya ay nagsabi: "Inyong ikubli (o gawing kunwari lamang) ang kanyang luklukan sa kanya (Saba o Sheba) upang ating mamalas kung siya ay mapapatnubayan (na makilala ang kanyang luklukan), o siya ay isa sa mga hindi napapatnubayan." 42. Kaya't nang siya (Saba o Sheba) ay dumating, ito ang sinabi sa kanya: "Ang iyo bagang luklukan ay katulad nito?" Siya ay nagsabi: "(Ito ay) tila katulad nga (ng aking luklukan)." At (si Solomon ay nagsabi): "Ang karunungan ay ipinagkaloob sa atin bago pa sa kanya, at kami ay tumalima kay Allah (sa Islam bilang mga Muslim nang una pa sa kanya)." 43. At ang kanyang sinasamba maliban pa kay Allah ay humadlang sa kanya (sa Islam), sapagkat siya ay isa sa mga tao na hindi sumasampalataya. 44. At ipinagbadya sa kanya (Saba o Sheba): "Pumasok ka sa Al-Sarh (isang ibabaw ng salamin na sa ilalim nito ay may tubig o isang Palasyo), datapuwa't nang kanyang mamalas ito, kanyang napag-akala na ito ay lawa ng tubig at kanyang (inililis ang kanyang damit) at nahantad ang kanyang mga binti. At si Solomon ay nangusap: "Katotohanang ito ay Sarh (Palasyo) na pinakinis sa piraso (tipak) ng salamin." Siya ay nagsabi: "O aking Panginoon! Katotohanang nasuong ang aking sarili sa kamalian, at ako ay sumusuko (sa Islam na kasama si Solomon, kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang)."

45. At katotohanang isinugo Namin kay Thamud ang kanyang kapatid na si Salih na nagsasabi: "Tanging sambahin lamang si Allah (at wala ng iba). At pagmalasin!

Sila ay naging dalawang pangkat (mga sumasampalataya at mga hindi sumasampalataya) na nagkakagalit sa isa't isa." 46. Siya (Salih) ay nagsabi: "O aking pamayanan! Bakit ninyo hinahanap na madaliin ang kasamaan (kaparusahan) nang una sa kabutihan (Habag ni Allah)? Bakit hindi ninyo paghanapin ang Pagpapatawad ni Allah upang kayo ay makatanggap ng habag?" 47. Sila ay nagsabi: "Kami ay nakakabanaag ng isang masamang pangitain mula sa iyo at sa mga kasama mo." Siya ay nagsabi: "Ang inyong masamang pangitain ay na kay Allah, tunay nga, kayo ay mga tao na inilagay sa pagsubok."

48. At mayroon sa lungsod na siyam na lalaki (mula sa mga anak ng kanilang mga pinuno) na gumagawa ng kabuktutan sa kalupaan at aayaw magbago. 49. Sila ay nagsabi: "Magsumpaan tayo sa isa't isa sa pamamagitan (sa Ngalan) ni Allah na tayo ay gagawa ng isang lihim na pagsalakay sa gabi sa kanya at sa kanyang kasambahay, at pagkatapos ay titiyakin natin na masabi sa kanyang pinakamalapit na kamag-anak (ito): "Hindi namin nasaksihan ang pagkawasak ng kanyang kasambahay, at katotohanang kami ay nagsasabi ng katotohanan!" 50. Kaya't sila ay nagsagawa ng isang balak, at Kami ay nagpakana ng isang balak habang ito ay hindi nila napag-aakala. 51. At pagmasdan kung ano ang kinahantungan ng kanilang pakana! Katotohanang Aming winasak sila at ang kanilang bansa (pamayanan), lahat nang sama-sama. 52. Ito ang kanilang mga bahay na tandisang napinsala sapagkat gumawa sila ng kamalian. Katotohanang narito ang isang tiyak na Ayah (isang aral o Tanda) sa mga tao na nakakaunawa. 53. At Aming iniligtas

ang mga nagsisampalataya na nangangamba at sumusunod kay Allah.

54. At (alalahanin) si Lut nang kanyang sabihin sa kanyang pamayanan (alalaong baga, ang bayan ng Sodom sa Palestina, ang lugar kung nasaan ngayon ang Patay na Dagat). Kayo baga ay gumagawa ng Fahishah (kasamaan, malaking kasalanan, lahat ng uri ng bawal na pakikipagtalik, sodomya, atbp.) habang inyong namamalas (ang isa't isa na gumagawa ng kasamaan nang lantaran, atbp.)?" 55. Inyo bagang nilalapitan ang mga lalaki sa inyong mga pagnanasa kaysa sa mga babae? Tunay, kayo ay mga tao na umaasal ng walang kaisipan (katuturan)." 56. Wala ng ibang kasagutan ang ibinigay ng kanyang pamayanan maliban na sila ay nagsabi: "Inyong itaboy ang pamilya ni Lut mula sa ating lungsod. Katotohanang sila ay mga tao na nagnanais na maging malinis at dalisay!" 57. Kaya't Aming iniligtas siya at ang kanyang pamilya maliban sa kanyang asawa. Aming itinalaga siya na mapasama sa mga nagpaiwan. 58. At pinaulan Namin sa kanila ang ulan (ng mga bato). Pagkasama-sama ng gayong ulan sa mga pinagbalaan. 59. Ipagbadya (O Muhammad): "Ang pagpupuri at pasasalamat ay kay Allah, at kapayapaan sa Kanyang mga alipin na Kanyang hinirang (para sa Kanyang Mensahe)! Higit bagang mainam si Allah, o (ang lahat) ng inyong iniaakibat na mga katambal (sa Kanya)?" [Di nga kasi, walang alinlangan, si Allah ang higit na mainam].

60. Hindi baga Siya (higit na mainam sa inyong mga diyos), [Siya] na lumikha ng mga kalangitan at kalupaan at nagpapanaog sa inyo ng tubig (ulan) mula sa alapaap, na rito (sa lupa) ay Aming pinapangyari na tumubo ang kamangha-

manghang halamanan na puspos ng kagandahan at kasiyahan? Wala sa inyo ang kakayahan na magpapangyari nang paglaki ng kanyang mga puno. (Mayroon pa bang) ibang diyos maliban kay Allah? Hindi, sila ay mga tao na nag-aakibat ng mga kapantay (sa Kanya)!" 61. Hindi baga Siya (higit na mainam sa inyong mga diyos), [Siya] na gumawa sa kalupaan na matatag upang panahanan, at (Siya) na naglagay ng mga ilog sa gitna nito, at (Siya) na nagtindig dito ng matatatag na kabundukan, at (Siya) na nagtakda ng sagka sa pagitan ng dalawang dagat (ng maalat at manamis-namis na tubig). (Mayroon pa bang) ibang diyos maliban kay Allah? Hindi, datapuwa't karamihan sa kanila ay hindi nakakaunawa.

62. Hindi baga Siya (higit na mainam sa inyong mga diyos), [Siya] na sumasaklolo sa mga nalalagay sa panganib, kung siya ay naninikluhod sa Kanya, at Siya na nag-aalis sa kasamaan, at gumawa sa inyo na mga tagapagmana ng kalupaan, sa maraming henerasyon ng mga salit-saling lahi. (Mayroong pa bang) ibang diyos maliban kay Allah? Kakarampot lamang ang inyong naaala-ala! 63. Hindi baga Siya (higit na mainam sa inyong mga diyos), [Siya] na namamatnubay sa inyo sa kadiliman ng kalupaan at karagatan, at nagpapadala ng hangin bilang tagapagdala ng masayang balita, na umiihip sa harap ng Kanyang Habag (ang Ulan)? (Mayroon pa bang) ibang diyos maliban kay Allah? Higit Siyang Kataas-taasan sa lahat ng kanilang iniaakibat na mga katambal (sa Kanya)! 64. Hindi baga Siya (higit na mainam sa inyong tinatawag na mga diyos), [Siya] na nagpasimula ng paglikha, at matapos ito, ito ay Kanyang uulitin, at (Siya) ang nagkakaloob sa inyo (ng lahat

ng bagay) mula sa kalangitan at kalupaan? (Mayroon pa bang) ibang diyos maliban kay Allah? Ipagbadya: "Dalhin ninyo ang inyong mga katibayan kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan."

65. Ipagbadya: "Walang sinuman sa mga kalangitan at kalupaan ang nakakatalastas ng Ghaib (nalilingid) maliban kay Allah, at hindi rin nila mapaghihinuha kung kailan sila ibabangong muli (sa pagkabuhay)." 66. Hindi, sila ay walang kaalaman sa Kabilang Buhay. Hindi, sila ay nag-aalinlangan tungkol dito. Hindi, sila ay bulag tungkol dito. 67. At ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Kung kami ba ay maging alabok na, kami at ang aming mga ninuno, kami baga ay ibabangong muli? 68. Tunay ngang kami ay pinangakuan nito, kami at ang aming mga ninuno noon pa, katotohanang ang mga ito ay wala ng iba maliban sa mga kuwento ng panahong sinauna." 69. Ipagbadya mo sa kanila (O Muhammad): "Magsipaglakbay kayo sa kalupaan at pagmalasin kung ano ang kinahantungan ng mga kriminal (sila na nagtakwil sa mga Tagapagbalita ni Allah at sumuway kay Allah)."

70. At huwag kang magdalamhati sa kanila, gayundin ay huwag kang manliit (sa hapis) dahilan sa kanilang binabalak. 71. At sila (na mga hindi sumasampalataya sa Kaisahan ni Allah) ay nagsasabi: "Kailan baga kaya ang pangakong ito (ay matutupad) kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan?" 72. Ipagbadya: "Marahil ang inyong hiling na inyong minamadali ay maaaring malapit na sa likuran ninyo. 73. Katotohanan, ang iyong Panginoon ay tigib ng biyaya sa sangkatauhan, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi nagbibigay ng pasasalamat." 74. At katotohanan, ang

iyong Panginoon ay nakakabatid kung ano ang ikinukubli ng kanilang dibdib at kung ano ang kanilang inilalantad. 75. At walang anumang nalilingid sa kalangitan at kalupaan na hindi (nakatala) sa isang maliwanag na Aklat (Al-Lauh Al-Mahfuz).

76. Katotohanan, ang Qur'an na ito ay nagpapahayag sa Angkan ng Israel ng tungkol sa karamihan ng kanilang pinagkakahidwaan. 77. At katotohanang ito (ang Qur'an) ay isang Patnubay at isang Habag sa mga sumasampalataya. 78. Katotohanan, ang iyong Panginoon ay magpapasya sa pagitan nila (sa iba't ibang mga sekta) sa pamamagitan ng Kanyang Kahatulan, at Siya ang Pinakamakapangyarihan, ang Puspos ng Karunungan. 79. Kaya't inyong ilagay ang inyong pagtitiwala kay Allah; katiyakang ikaw (O Muhammad) ay nasa (Landas) ng lantad na Katotohanan. 80. Katotohanang hindi mo magagawa na ang patay ay makarinig (alalaong baga, ang mabigyang kapakinabangan sila, at gayundin ang mga hindi sumasampalataya), at ang bingi upang makarinig ng tawag, kung sila ay tumatalilis na nakatalikod. 81. At hindi mo maaakay ang bulag (upang hadlangan sila) sa pagkaligaw, magagawa mo lamang na makarinig ang mga sumasampalataya sa Aming Ayat (mga katibayan, kapahayagan, tanda, aral, atbp.), at sila na nagsuko ng (kanilang sarili kay Allah sa Islam bilang mga Muslim).

82. At kung ang Salita (ng Kaparusahan) ay matupad laban sa kanila, Aming ilalabas mula sa kalupaan ang isang Halimaw (o Mabangis na Hayop) patungo sa kanila, na magsasalita sa kanila, sapagkat ang sangkatauhan ay hindi sumampalataya ng may katiyakan sa Aming Ayat (mga Talata

ng Qur'an at kay Propeta Muhammad). 83. (At alalahanin) ang Araw na Aming titipunin sa bawat bansa ang isang pulutong ng mga nagtatwa ng Aming Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.), at (matapos ito), silang (lahat) ay titipunin (at itataboy sa lugar ng pagsusulit), 84. Hanggang nang sila ay sumapit (sa harapan ng Panginoon sa lugar ng pagsusulit), Siya ay magpapahayag: "Inyo bagang itinatwa ang Aking Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.), nang ito ay hindi ninyo nauunawaan (sa punto) ng Karunungan, o ano ba (yaon) na lagi nang inyong ginagawa?" 85. At ang salita (ng kaparusahan) ay matutupad laban sa kanila sapagkat sila ay nagsigawa ng kamalian at sila ay hindi makakapangusap (upang ipagtanggol ang kanilang sarili). 86. Hindi baga nila namamalas na Aming ginawa ang gabi para sa kanila upang magpahinga, at ng araw upang bigyan sila ng liwanag (at paningin)? Katotohanang naririto ang Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.) sa mga tao na sumasampalataya.

87. At (alalahanin) ang Araw na ang tambuli ay hihipan, at ang lahat ng mga nasa kalangitan at lahat ng mga nasa kalupaan ay magigimbal, maliban sa kanya na maibigan ni Allah (na huwag mapabilang). At ang lahat ay paparoon sa Kanya na nangangayupapa. 88. At inyong mapagmamalas ang mga kabundukan na inyong inaakala na siksik, datapuwa't sila ay maglalaho na katulad ng paglalaho ng mga ulap. (Ito) ang Gawa ni Allah, na Siyang nagpapapangyari ng lahat ng bagay sa ganap na ayos sapagkat katotohanang Siya ang Ganap na Nakakaalam kung ano ang inyong ginagawa. 89. Sinuman ang magdala ng isang mabuting gawa (alalaong baga, ang pananalig sa Kaisahan ni Allah na kasama ang

lahat ng gawa ng katuwiran), ay magkakaroon ng higit na mainam kaysa sa katumbas nito, at sila ay magiging ligtas sa lagim ng Araw na yaon. 90. At sinuman ang magdala ng isang masamang gawa (alalaong baga, ang pagsamba sa mga diyus-diyosan, kawalan ng pananalig sa Kaisahan ni Allah at bawat buktot at makasalanang gawa), sila ay ihahagis nang pasubasob sa kanilang mukha sa Apoy. (At sa kanila ay ipagbabadya): "Hindi baga kayo binayaran ng anuman maliban sa inyong ginawa?"

91. Ako (Muhammad) ay pinag-utusan na sumamba lamang sa Panginoon ng lungsod na ito (Makkah), Siya na nagpabanal dito at sa Kanya (ang pagmamay-ari) sa lahat ng bagay. At ako ay pinag-utusan na mapabilang sa mga Muslim (na tumatalima kay Allah sa Islam). 92. At upang dalitin ang Qur'an, kaya't kung sinuman ang tumanggap ng patnubay, ay tumanggap nito para sa kapakanan ng kanyang sarili, at sinuman ang mapaligaw, iyong (sabihin sa kanya): "Ako ay isa lamang sa mga tagapagbabala." 93. At ipagbadya (O Muhammad), sa mga pagano at mapagsamba sa diyus-diyosan, atbp.): "Ang lahat ng mga papuri at pasasalamat ay kay Allah. Ipamamalas Niya sa inyo ang Kanyang Ayat (mga Tanda, sa inyong sarili at sa sangtinakpan, o sa kaparusahan, atbp.), at inyong makikilala ito. At ang iyong Panginoon ang nakakatalos ng inyong ginagawa."

Ang Salaysay

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. *Ta, Sin, Mim* (mga titik Ta, Sa, Ma)

2. Ito ang mga Talata ng maliwanag na Aklat (na nagtatambad na maging malinaw ang katotohanan kaysa sa kabulaanan, ng mabuti kaysa sa masama, atbp.). 3. Isinalaysay Namin sa iyo ang ilan sa kasaysayan ni Moises at Paraon ng may Katotohanan para sa mga tao na sumasampalataya (na nananalig sa Qur'an at sa Kaisahan ni Allah). 4. Katotohanang si Paraon ay nagmataas sa kanyang sarili sa kalupaan at pinagwatak-watak niya ang kanyang mga tao (sa mga sekta o pangkat), na nagpapahapis (at nagpapahina) sa ilang pangkat ng kanilang lipon (alalaong baga, ang Angkan ng Israel), ang kanilang mga anak na lalaki ay kanyang pinaslang datapuwa't pinabayaan niyang mabuhay ang kababaihan, sapagkat tunay ngang siya ay isa sa Mufsidun (alalaong baga, ang mga mapaggawa ng malalaking kasalanan at krimen, kabuktutan, pang-aapi, kasamaan, atbp.). 5. At ninais Namin na maging Mapagpala sa mga nahahapis sa kalupaan, upang sila ay maging mga pinuno (sa pananalig) at gawin sila na mga tagapagmana, 6. Upang itindig sila nang matibay sa kalupaan, at maipakita Namin kay Paraon at kay Hamam at sa kanilang mga tagatangkilik, kung ano ang kanilang kinatatakutan sa kanila.

7. Kaya't ipinadala Namin ang ganitong inspirasyon sa

ina ni Moises: “Pasusuhin mo (ang iyong anak, si Moises), datapuwa’t kung ikaw ay may pangangamba para sa kanya, ay ipaanod mo siya sa ilog, subalit huwag kang matakot o magdalamhati, sapagkat muli Naming ibabalik siya sa iyo, at Aming hihirangin siya na maging isa sa Aming mga Tagapagbalita. 8. Ang mga kasambahay ni Paraon ay nakasagip sa kanya (sa ilog). (Ito ay sinadya) upang (si Moises) ay magsilbing kaaway at magdulot sa kanila ng dalamhati. Katotohanang si Paraon at Haman at ang lahat nilang tagatangkilik ay mga tao na makasalanan. 9. At ang asawa ni Paraon ay nagsabi: “(Narito) ang isang kasiyahan ng mata, sa akin at para sa iyo: huwag mo siyang paslangin. Marahil, siya ay magiging kapakinabangan sa atin, o di kaya ay ampunin natin siya bilang anak. At hindi nila napagtatanto (kung ano ang magiging bunga ng kanilang gagawin).

10. At ang puso ng ina ni Moises ay nawalan ng pandama (naging hungkag, maliban sa pag-aala-ala kay Moises). At nakahanda na sanang isiwalat niya ang lahat (na si Moises ay kanyang anak), kung hindi Namin pinatibay ang kanyang dibdib (sa Pananalig), upang siya ay manatili na isang matatag na nananampalataya. 11. At kanyang sinabi sa kapatid na babae (ni Moises), “Hanapin mo siya”. Kaya’t siya (Moises) ay binantayan niya sa malayo (o nang lihim), samantalang ito ay hindi nila napag-aakala. 12. At Aming itinakda na siya (Moises) ay tumangging sumuso (ng gatas sa ibang babae), hanggang (ang kanyang kapatid na babae ay naparoon sa kanila) at nagsabi: “Ituturo ko sa inyo ang mga tao ng isang sambahayan na makapagpapasuso at makapag-aalaga sa kanya, para sa inyo.” 13. Kaya’t sa ganito

Namin ibinalik siya (Moises) sa kanyang ina, upang ang kanyang paningin ay maginhawahan, at upang siya ay hindi malumbay, at upang kanyang maalaman na ang pangako ni Allah ay katotohanan; datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi nakakabatid. 14. At nang siya ay sumapit na sa hustong gulang at naging matatag (sa pagkalalaki) ay iginawad Namin sa kanya ang Hukman (karunungan at kaalaman, at ganap na pang-unawa sa relihiyon, sa kanyang relihiyon at sa relihiyon ng kanyang mga ninuno, alalaong baga, ang Islam at Kaisahan ni Allah). At sa gayon Namin ginagantimpalaan ang Muhsinun (mga gumagawa ng kabutihan).

15. At pumasok siya sa lungsod sa oras na ang mga tao ay hindi abala sa pagmamasid; at nakita niya rito ang dalawang lalaki na nag-aaway,- ang isa ay mula sa kanyang pamayanan (kanyang karelihiyon mula sa Angkan ng Israel); at ang isa ay mula sa kanyang mga kaaway. Ngayon, ang lalaki na mula sa kanyang pamayanan ay nakiusap sa kanya na tulungan siya laban sa kanyang kalaban, at siya (kaaway) ay sinuntok ni Moises at kanyang napatay. Siya ay nagsabi: "Ito ay mula sa gawain ni Satanas, sapagkat siya ay isang lantad na kaaway na naglilihis sa tao sa tamang landas!" 16. Siya ay nanalangin: "O aking Panginoon! Katotohanang ipinahamak ko ang aking kaluluwa (sa kamalian)! Inyong patawarin ako!" Kaya't siya ay pinatawad ni Allah. Katotohanang Siya ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 17. Siya ay nagsabi: "O aking Panginoon! Sapagkat ipinagkaloob Ninyo sa akin ang Inyong biyaya, kailanman ay hindi na ako tutulong sa Mujrimun (mga mapaggawa ng kasalanan,

kriminal, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, palasuway kay Allah, atbp.)!"

18. Sa kinaumagahan, nang siya ay lumilibot (na muli) sa Lungsod, na may pangangamba at nagmamasid (na naghihintay kung ano ang kinahinatnan ng kanyang krimen ng pagpatay), nang kanyang mamasdan, ang tao na kahapon lamang ay humingi sa kanya ng tulong ay muling tumawag sa kanya na humihinging (muli) ng tulong. Si Moises ay nagsabi sa kanya: "Katotohanang ikaw ay maliwanag na nagbubunsod sa pagkakamali!" 19. At nang siya ay magpasya na harapin ang tao (lalaki) na kapwa nila kaaway, ang lalaki (kaaway) ay nagsabi: "O Moises! Iyo bang hangarin na patayin ako na kagaya nang pagpatay mo sa isang lalaki kahapon? Ikaw ay naghahangad lamang na maging manlulupig sa kalupaan at hindi upang ayusin ang mga bagay sa wastong kalagayan!" 20. At hindi naglaon ay may isang lalaking dumating na humahangos mula pa sa dulong lugar ng lungsod. Siya ay nagsabi: "O Moises, ang mga pinuno ay nagkakaisang nag-uusapan laban sa iyo upang ikaw ay patayin, kaya't lumayo ka na, sapagkat ako ay nagbibigay sa iyo ng matapat na pagpapayo." 21. Kaya't karaka-rakang umalis siya roon na nagmamasid sa palibot-libot at may pangangamba. Siya ay nanalangin: "O aking Panginoon, ako ay iligtas Ninyo sa mga tao na Zalimun (mga taong lulong na sa kamalian, tampalasan, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, atbp.)!"

22. At nang kanyang ilingon ang kanyang mukha tungo (sa lupain) ng mga Midian (Madyan), siya ay nagsabi: "Labis akong umaasa na ang aking Panginoon ay magpapamalas sa akin ng makinis at Matuwid na Landas." 23. At nang siya

ay sumapit sa pook (na pinag-iigiban ng tubig) sa Midian (Madyan), ay nakatagpo siya rito ng pulutong ng mga lalaki na nagpapainom (sa kanilang mga alagang hayop), at bukod pa rito ay nakatagpo siya ng dalawang babae na nagbabantay (sa kanilang mga alagang hayop). Siya ay nagsabi: "Ano ang suliranin ninyo? Sila (ang dalawang babae) ay nagsabi: "Hindi namin mapainom ang aming mga hayop hangga't ang mga tagapastol ay hindi nag-aalis sa kanilang mga hayop, at ang aming ama ay lubhang matanda na." 24. Kaya't pinainom niya ang kanilang mga alagang hayop, at pagkatapos ay muli siyang nagbalik sa lilim (ng punongkahoy) at nagsabi: "O aking panginoon! Katotohanang ako (ay lubhang) nangangailangan ng anumang mabuting bagay na ipagkakaloob Ninyo sa akin!" 25. Hindi nagtagal, ang isa sa (mga babae) na nakikimi sa paglalakad ay bumalik sa kanya at nagsabi: "Ang aking ama ay nag-aanyaya sa iyo upang ikaw ay kanyang mapasalamatan sa pagpapainom mo sa aming mga alagang hayop." Kaya't nang siya ay pumaroon sa kanya at isalaysay ang nangyari sa kanya, siya (ang matanda) ay nagsabi: "Huwag kang matakot, (mabuti ngang) ikaw ay nakatakas sa Zalimun (mga mapang-aping tao, walang pananalig, tampalasan, atbp.)." 26. At nagsabi ang isa (sa mga dalaga): "O aking (mahal) na ama! Siya ay kunin ninyo at bigyan ng pasahod, tunay ngang ang pinakamainam sa mga lalaki na magtatrabaho ay iyong (lalaki) na matipuno at mapagkakatiwalaan." 27. Ang ama ay nagsabi: "Nais kong ipakasal ang isa sa aking mga dalaga sa iyo, sa kondisyon na maglilingkod ka sa akin sa walong taon, ngunit kung huhustuhin mo sa sampung taon, ito ay (tulong na kaloob) mula sa iyo. Datapuwa't ayaw kong ilagay

ka sa anumang kahirapan; tunay ngang ako ay makikita mo, kung pahihintulutan ni Allah, na isa sa mga matutuwid." 28. Siya ay sumagot: "Hayaang ganito (ang kasunduan) sa pagitan natin, kahit na anuman sa ating kasunduan ang aking ganapin, walang mananaig na di katarungan sa akin. Si Allah ang Saksi sa anumang ating ipinahayag."

29. At nang matapos na ni Moises ang takdang panahon, at siya ay naglalakbay na kasama ang kanyang pamilya, ay natanaw niya ang isang apoy tungo sa landas ng Bundok ng Tur. Sinabi niya sa kanyang pamilya: "Magsipaghintay kayo rito; nakasumpong ako ng apoy; inaaasahan ko na makakapagbigay ako sa inyo mula roon ng ilang kaalaman, o ng anumang nagliliyab na makakapagpainit sa inyong katawan." 30. Datapuwa't nang makalapit na siya (sa Apoy), siya ay tinawag mula sa kanang bahagi ng lambak, mula sa isang puno sa banal na lupa: "O Moises! Katotohanang ako si Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang. 31. Ngayon, iyong ihagis ang iyong tungkod!" Datapuwa't nang mamalas niya itong gumagalaw (sa kanyang sarili), na wari bang isang ahas, siya ay napaurong at tumalilis na tinatalunton ang kanyang pinagdaanan. (At sa kanya ay winika): "O Moises! Lumapit ka at huwag matakot. Katotohanang ikaw ay isa sa mga pinangangalagaan." 32. "Idantay mo ang iyong kamay sa iyong dibdib, at ito ay lalabas na walang anumang dumi (puti o walang karahasan), at ilagay mo ang iyong kamay na malapit sa iyong tagiliran (upang maging tagapagsanggalang) laban sa iyong pangangamba (na iyong naranasan mula sa ahas). Ito ang dalawang Burhan (mga Tanda, himala, katibayan na iyong mapapananganan) mula sa iyong Panginoon tungo kay Paraon at sa kanyang

mga pinuno; sapagkat katotohanang sila ang mga tao na palasuway (kay Allah) at mga tampalasan."

33. Siya ay nagsabi: "O aking panginoon! Aking napatay ang isang lalaki sa lipon nila, at ako ay nangangamba na ako ay kanila ring papatayin. 34. At ang aking kapatid na si Aaron, siya ay higit na mahusay magsalita kaysa sa akin; kaya't Inyong suguin siya sa akin bilang katuwang, upang patotohanan (at palakasin) ako, sapagka't ako ay nangangamba na sila ay magpaparatang sa akin ng kasinungalingan." 35. Siya (Allah) ay nagwika: "Katotohanang palalakasin Namin ang iyong bisig sa pamamagitan ng iyong kapatid, at kayong dalawa ay Aming bibiyayaan ng kapamahalaan, upang sila ay hindi sumaling sa inyo, sa pamamagitan ng Aming Ayat (mga tanda, aral, katibayan, kapahayagan, atbp.), kayo ay magwawagi, kayong dalawa, gayundin ang mga susunod sa inyo."

36. At nang si Moises ay pumaroon sa kanila na may maliliwanag na Ayat (mga tanda, katibayan, aral, kapahayagan, atbp.) mula sa Amin, sila ay nagsabi: "Ito ay wala ng iba kundi isang panglalansi at kasinungalingan, kailanman ay hindi namin narinig ang katulad nito mula sa aming mga ninuno!" 37. Si Moises ay nagsabi: "Ang aking Panginoon ang lubos na nakakabatid kung sino ang dumarating na may patnubay mula sa Kanya, at kung sino sila na ang kasasapitan ay ang pinakamainam sa Kabilang Buhay. Walang pagsala, ang mga mapaggawa ng katampalasanan ay hindi magtatagumpay." 38. Si Paraon ay nagsabi: "O mga pinuno! Wala akong alam na ilah (diyos) para sa inyo maliban sa aking sarili. Kaya't O Haman! Magparingas ka para sa akin (ng hulmahan), na gawaan

ng pinatigas na putik (bricks), at igawa mo ako ng Sarhan (mataas na bantayog o palasyo) upang ako ay makaabot (o makamalas) sa Diyos ni Moises; datapuwa't ayon sa aking sukatan, itinuturing ko na si Moises ay isa sa mga sinungaling!"

39. At siya (Paraon) ay mapagpaimbabaw at walang paggalang sa kalupaan, na salat sa katuwiran,- siya at ang kanyang mga kabig, at sila ay nag-akala na sila ay hindi magbabalik sa Amin! 40. Kaya't Aming sinakmal siya at ang kanyang mga kabig, at Aming inilubog sila sa dagat; ngayon, pagmasdan (O Muhammad) kung ano ang kinasapitan ng Zalimun (mga mapaggawa ng kamalian, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ng kanilang Panginoon {Allah}, at nagtakwil sa payo ng Kanyang Tagapagbalita {Moises})! 41. At Aming ginawa (lamang) sila na maging mga pinuno, na mag-aanyaya sa Apoy; at sa Araw ng Muling Pagkabuhay, wala silang masusumpungan na anumang tulong. 42. Sa mundong ito ay iginawad Namin ang masamang sumpa, na mamalagi sa kanila, at sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sila ay mapapabilang sa Al-Maqbuhun (mga hinadlangan na makatanggap ng habag ni Allah, mga kinasusuklaman at kinamumuhian, mga wawasakin, atbp.). 43. At katiyakan, Aming ipinahayag kay Moises ang Kasulatan (ang Torah, {mga Batas}), matapos Naming wasakin ang mga nangaunang henerasyon, (upang magbigay) ng Maliwanag na Pananaw sa mga tao, at isang Patnubay at isang Habag, upang sila ay makatanggap ng paala-ala (o makaala-ala).

44. At ikaw (O Muhammad) ay wala sa kanlurang bahagi (ng lambak) nang Aming itakda ang paghirang

kay Moises at gawing maliwanag sa kanya ang Mga Utos, gayundin naman, ikaw ay hindi naging saksi sa gayong mga pangyayari. 45. Nguni't itinindig Namin ang (mga bagong) henerasyon (matapos ang henerasyon ni Moises), at lubhang marami ng mga taon ang lumipas sa kanila, datapuwa't ikaw (O Muhammad) ay hindi kabilang sa mga nanirahan sa pamayanan ng Madyan (Midian), na nagpapahayag ng Aming mga Talata sa kanila, datapuwa't Kami ang namamalaging nagsusugo ng mga Tagapagbalita (na may taglay na inspirasyon). 46. Ikaw din (O Muhammad) ay wala sa tabi ng Bundok ng Tur nang Aming tawagin si Moises. Magkagayunman, ikaw ay isinugo bilang isang Habag mula sa iyong Panginoon, upang magbigay babala sa mga tao na wala pang tagapagbabala ang dumatal sa kanila, na nauna pa sa iyo, upang sila ay makatanggap ng paala-ala (o makaala-ala). 47. At kung ikaw ay hindi Namin (isinugo sa mga Quraish sa Makkah), at kung mangyaring isang kalamidad ang sumakmal sa kanila dahilan (sa mga gawa) na ginawa ng kanilang mga kamay, maaari nilang sabihin: "O aming Panginoon! Bakit hindi Kayo nagsugo sa amin ng isang Tagapagbalita? Disin sana'y susundin namin ang Inyong Ayat (mga Talata ng Qur'an) at mapapabilang kami sa mga sumasampalataya!" 48. Datapuwa't (ngayon), nang ang katotohanan ay dumatal sa kanila (alalaong baga, si Muhammad at ang kanyang Mensahe), mula sa Amin, sila ay nagsasabi: "Bakit ang (mga Tanda) na ipinadala sa kanya (Muhammad), ay hindi kagaya niyaong mga ipinadala kay Moises? Hindi baga nila itinakwil noon (ang mga Tanda) na dati nang ipinadala kay Moises noon pa mang una? Sila ay nagsasabi: "Dalawang uri ng panglalansi (o salamangka,

ang Torah [mga Batas] at Qur'an), ang bawat isa sa kanila ay nagtutulungan!" At sila ay nagsasabi: "Katotohanan! Kami ay nagtatakwil sa lahat (ng gayong mga bagay)!"

49· Ipagbadya (sa kanila, O Muhammad): "Kung gayon, kayo ay magdala ng isang Aklat mula kay Allah, na higit na mabuti sa patnubay kaysa sa dalawang ito (ang Torah [mga Batas] at Qur'an), upang ito ay aking sundin! (Inyo itong gawin), kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan!" 50· Datapuwa't kung sila ay hindi makinig sa iyo (alalaong baga, ang hindi maniwala sa iyong doktrina ng Islam at Kaisahan ni Allah), kung gayon, kanilang mapag-aalaman na sinusunod lamang nila ang kanilang mga sariling pagnanasa. At sino pa kaya ang higit na napapaligaw, maliban sa kanya na sumusunod sa kanyang sariling pagnanasa, na walang anumang patnubay mula kay Allah? Katotohanan! Si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na Zalimun (mga lulong sa kamalian, palasuway kay Allah at mapagsamba sa mga diyus-diyosan). 51· At katiyakan, ngayon ay naiparating na Namin sa kanila ang Salita (ang Qur'an, na naririto ang mga balita para sa kanila), upang sila ay makatanggap ng paala-ala (o makaala-ala).

52· Ang mga tao na pinadalhan Namin ng Kasulatan (alalaong baga, ang Torah [mga Batas] at Ebanghelyo, atbp.), bago pa rito, sila ay tunay namang naniniwala sa ganitong (kapahayagan, ang Qur'an). 53· At kung ito ay dinadalit sa kanila, sila ay nagsasabi: "Kami ay naniniwala rito, katiyakang ito ay Katotohanan mula sa aming Panginoon. Tunay ngang kami, noon pa mang una pa rito, ay mga Muslim (na sumusuko sa Islam at sa kautusan ni Allah)." 54· Sa kanila, dalawang ulit ang ipagkakaloob na

gantimpala, sapagkat sila ay nagsipagtiyaga, at nilabanan nila ang kasamaan sa pamamagitan ng kabutihan, at sila ay gumugol (sa pagkakawanggawa) mula sa mga biyayang ipinagkaloob Namin sa kanila. 55· At kung sila ay nakakarinig ng mga walang katuwirang pagsasang-usapan (mga kabulaanan), sila ay tumatalikod dito at nagsasabi: "Sa amin ang aming mga gawa, at sa inyo ang inyong mga gawa. Ang kapayapaan ay sumainyo. Kami ay hindi naghahanap sa mga tao na walang kaalaman." 56· Katotohanan ngang hindi ninyo mapapatnubayan ang bawat isa sa inyong minamahal; datapuwa't si Allah ang namamatnubay sa sinumang Kanyang maibigan at batid Niyang lubos ang mga tao na tumatanggap ng patnubay.

57· At sila ay nagsasabi: "Kung kami ay susunod sa patnubay na nasa iyo, kung gayon, kami ay mawawalan ng karapatan sa aming lupain" Hindi baga Namin itinindig para sa kanila ang isang ligtas na Santuwaryo (Makkah), ang lahat ng uri ng prutas ay dinadala rito, isang pagtutustos mula sa Amin, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi nakakaunawa.

58· At ilan na bang mga bayan (pamayanan) ang Aming winasak, kung saan sila nagpakasaya sa kanilang buhay (sa kaginhawahan at kasaganaan, datapuwa't walang damdamin ng pasasalamat at sumuway kay Allah at sa Kanyang mga Tagapagbalita sa pamamagitan ng paggawa ng kasamaan at krimen)! Ngayon, ang kanilang pinananahanan, pagkaraan nila, ay hindi na pinananahanan, maliban na lamang (sa nagdarahop) na ilan! At katotohanan, Kami ang kanilang tagapagmana!" 59· At kailanman, ang iyong Panginon ay hindi magwawasak sa isang bayan (pamayanan) hangga't hindi Siya nagsusugo sa kanilang bayan ng isang Tagapagbalita,

na nagpapahayag sa kanila ng Aming mga Tanda (Talata), gayundin naman, kailanman ay hindi Kami magwawasak ng isang pamayanan, maliban kung ang kanilang mga tao ay Zalimun (pulutong ng mapaggawa ng kabuktutan, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, mapang-api, atbp.).

60. Ang (mga makamundong) bagay na ipinagkaloob sa inyo ay isang kaginhawahan sa buhay na ito at mga palamuti lamang, datapuwa't kung ano (ang nakalaan na Kabilang Buhay) na taglay ni Allah ay higit na mainam at magtatagal. Hindi baga kayo magiging matalino? 61. Ang (dalawang tao) bang ito ay magkatulad? Ang isa ay yaong binigyan Namin ng mabuting pangako (Paraiso), at nasa katayuan na maaabot na niya (ang kaganapan) na ito ay tunay; at ang isa ay yaong binigyan Namin ng magagandang bagay sa buhay na ito, datapuwa't siya, sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay mapapabilang sa mga ihaharap (sa kaparusahan ng Apoy ng Impiye no)?

62. At (alalahanin) ang Araw na yaon, na (si Allah) ay tatawag sa kanila, at magwiwika: "Nasaan ang (tinatawag ninyo) na Aking mga katambal na inyong iniaakibat (sa pagsamba sa Akin)?" 63. At sa kanila na ang paratang ay mapapatunayan, ay magsasabi: "O aming Panginoon! Sila ang iniligaw namin ng landas. Hinayaan namin silang maligaw sapagkat kami rin sa aming sarili ay nalilihis; aming ipinahahayag ang aming kawalan ng kinalaman (sa kanila) sa Inyong harapan. Hindi kami ang kanilang sinamba."

64. At sa kanila ay ipagsasaysay: "Tawagin ninyo ang (sinasabi ninyong) mga katambal (ni Allah, upang kayo ay matulungan)." Sila ay mananawagan sa kanila, datapuwa't

sila ay hindi makakapagbigay sa kanila ng kasagutan; at mamamasdan nila sa kanilang harapan ang Kaparusahan. (At gaano ang kanilang paghahangad na maging matuwid), kung ang (kanilang isipan) ay naging bukas lamang sa pagtanggap ng patnubay! 65. At (alalahanin) ang Araw (na si Allah) ay tatawag sa kanila at magwiwika: "Ano ang kasagutan na ibinigay ninyo sa mga Tagapagbalita?" 66. Kaya't ang mga pagtatalo sa araw na yaon ay magiging malabo sa kanila, at hindi rin sila makapagtatanungan sa isa't isa. 67. Nguni't kung sinuman (sa buhay na ito) ang nagsisi (sa pagsamba sa mga diyus-diyosan at mga kasalanan, atbp.), sumampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Kanyang Tagapagbalita na si Muhammad) at gumawa ng kabutihan, kung gayon, siya ay mapapabilang sa mga matatagumpay.

68. At ang iyong Panginoon ay lumilikha at pumipili ng anumang Kanyang maibigan, wala silang kakayahan na pumili (sa anumang bagay). Luwalhatiin si Allah! Higit Siyang mataas sa lahat ng mga itinatambal nila (sa Kanya)! 69. At ang iyong Panginoon ang nakakabatid ng lahat ng mga itinatago ng kanilang dibdib (kaluluwa) at ang lahat ng kanilang inilalantad. 70. At Siya si Allah; La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya). Sa Kanya ang lahat ng Pagpupuri, sa simula (alalaong baga, sa mundong ito) at sa huli (alalaong baga, sa Kabilang Buhay). At sa Kanya ang lahat nang Pagpapasya, at kayong lahat sa Kanya ay magbabalik.

71. Ipagbadya (O Muhammad): "Tingnan ninyo? Kung nilikha ni Allah na ang gabi ay walang katapusan sa inyo hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sino pa ba kayang

diyos maliban kay Allah ang makakapagbigay sa inyo ng liwanag? Hindi ba kayo magsisipakinig?" 72. Ipagbadya (O Muhammad): "Tingnan ninyo? Kung nilikha ni Allah na ang maghapon (buong araw) ay walang katapusan sa inyo hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sino ang makakapagbigay sa inyo ng gabi upang kayo ay makapagpahinga? Hindi ba kayo makakakita?" 73. Ito ay dahilan sa Kanyang Habag na nilikha Niya para sa inyo ang gabi at araw, upang kayo ay makapagpahingalay (alalaong baga, sa gabi) at upang kayo ay makasumpong ng Kanyang mga Biyaya (alalaong baga, sa maghapon), ng sa gayon, kayo ay magkaroon ng utang na loob ng pasasalamat.

74. At (alalahanin) ang Araw na Siya (si Allah, ang inyong Panginoon) ay tatawag sa kanila (sila na sumasamba sa mga diyus-diyosan), at magwiwika: "Nasaan ang (sinasabi ninyo) na Aking mga katambal na inyong ipinangangalandakan (sa pagsamba, maliban pa sa Akin)? 75. At sa bawat bansa (pamayanan) ay magtitindig Kami ng isang saksi, at Aming ipagsasaysay: "Ipakita ninyo ang inyong katibayan." Sa gayon, kanilang mapag-aalaman na ang Katotohanan ay na kay Allah (lamang), at ang mga kasinungalingan (huwad na diyos) na kanilang kinatha ay maglalaho sa kanila.

76. Katotohanang si Korah ay mula sa angkan ni Moises, datapuwa't siya ay naging palalo sa kanila. Aming ginawaran siya ng mga kayamanan, na ang mga susi nito ay magiging pabigat sa katawan ng malalakas na tao. Nang ang kanyang pamayanan ay magsabi sa kanya: "Huwag kang magpakaligaya (sa kawalan nang pagtanaw ng pasasalamat sa mga kaloob ni Allah). Katotohanang si Allah ay hindi nagmamahal sa mga nagpapakaligaya (sa kayamanan at

kawalan ng pasasalamat). 77. Datapuwa't inyong paghanapin (sa pamamagitan ng gayong kayamanan) na ipinagkaloob sa inyo ni Allah, ang Tahanan ng Kabilang Buhay, at gayundin naman, ay huwag ninyong kaligtaan ang inyong bahagi ng pinahihintulutang kasiyahan sa mundong ito, nguni't magsigawa kayo ng kabutihan, kung paano rin naman naging mabuti si Allah sa inyo, at huwag kayong maghanap (ng pagkakataon) na makapagkalat ng kasamaan sa kalupaan. Katotohanang si Allah ay hindi nagmamahal sa Mufsidun (mga mapaggawa ng kabuktutan, mapang-api, tampalasan, buhong, atbp.).

78. Siya (Korah) ay nagsabi: "Ito ay ipinagkaloob sa akin dahilan sa natatanging karunungan na aking angkin." Hindi baga niya batid na winasak ni Allah bago pa sa kanya (ang lahat) ng mga henerasyon, mga tao na higit na mahusay sa kanya sa lakas at higit na marami (ang mga kayamanan) na kanilang nalikom? Datapuwa't ang Mujrimun (mga buktot, kriminal, walang pananalig, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, atbp.) ay hindi inuusisa o (karaka-rakang) tinatawag upang magsulit ng kanilang mga kasalanan (sapagkat si Allah ang ganap na nakakaalam dito at sila ay mapaparusahan ng hindi kinakailangan ang pagsusulit).

79. Kaya't siya ay pumaroon sa kanyang pamayanan (na palalo sa kanyang makamundong) kinang. Ang mga tao na ang layunin lamang ay Buhay sa Mundong ito ay nagsasabi: "Oh! Sana'y nagkaroon din kami ng katulad ng mga nakamtan ni Korah! Katotohanang siya ang panginoon (may angkin) ng malaking kayamanan!" 80. Datapuwa't ang mga tao na nabigyan ng tunay na karunungan (sa pananampalataya) ay nagsabi: "Kasawian sa iyo! Ang

gantimpala ni Allah (sa Kabilang Buhay) ay higit na mainam sa mga nananampalataya at nagsisigawa ng kabutihan, at walang makapag-aangkin nito maliban sa mga tao na matimtiman at matitiyaga (sa pagsunod sa katotohanan)."

81. Kaya't inutusan Namin ang lupa na lagumin siya at ang kanyang tahanan, at siya ay wala ni isa mang pangkat o kapanalig (kahit na maliit) upang tulungan siya laban kay Allah, gayundin, siya ay hindi kabilang sa kanila na maipagtatanggol ang kanilang sarili. 82. At ang mga naiinggit sa kanyang katatayuan, kakahapon lamang, ay nagsimula nang mangusap sa kinabukasan: "Hindi baga ninyo nababatid na tunay ngang si Allah ang nagkakaloob ng anumang biyaya o nagkakait nito sa sinuman na Kanyang tagapaglingkod na Kanyang maibigan! At kung si Allah ay hindi naging mapagpala sa atin, maaari rin Niyang papangyarihin na lulunin din tayo ng lupa! Inyong mapag-alaman na ang mga walang pananampalataya ay hindi magsisipagtagumpay."

83. Ang Tahanang yaon ng Kabilang Buhay (alalaong baga, ang Paraiso) ay Aming ipagkakaloob sa mga tao na hindi naghihimagsik laban sa katotohanan ng may kapalaluan at pang-aapi at hindi nagkakalat ng kabuktutan sa kalupaan, at ang Hantungan ay (higit na mainam) sa Muttaqun (mga matutuwid at matimtimang tao na labis na nangangamba kay Allah sa pamamagitan nang pag-iwas sa lahat ng uri ng mga kasalanan at masasamang gawa na Kanyang ipinagbabawal at nagmamahal kay Allah ng labis sa pamamagitan nang pagsasagawa ng lahat ng uri ng kabutihan na Kanyang ipinag-uutos). 84. Kung sinuman ang gumawa ng kabutihan (paniniwala sa Kaisahan ni Allah na kalakip ang mabubuting

gawa), ang gantimpala para sa kanya ay higit na mainam (at marami) sa kanyang mga gawa; nguni't kung sinuman ang magdala ng kasamaan (paniniwala sa mga diyus-diyosan kasama ng masasamang gawa), kung gayon, ang gumawa ng kasamaan ay parurusahan lamang (nang katapat) sa kanyang mga gawa.

85. Katotohanang Siya na nagbigay sa iyo (O Muhammad) ng Qur'an (alalaong baga, nag-utos sa iyo na sumunod sa mga batas nito at mangaral sa iba) ay walang pagsala na magdadala sa iyo pabalik sa Lugar ng Ma'ad (lugar ng pagbabalik, maaaring sa Makkah o Paraiso matapos ang iyong kamatayan, atbp.). Ipagbadya (O Muhammad): "Ang aking Panginoon ang Lubos na Nakakatalos kung sino ang nagdadala ng tumpak na patnubay at kung sino ang nasa lantad na kamalian." 86. At hindi mo inaasahan na ang Aklat (ang Qur'an) ay ipapanaog sa iyo, datapuwa't ito ay isang Habag mula sa iyong Panginoon, kaya't huwag mong tangkilikin ang mga hindi sumasampalataya (na nagtatakwil sa kapahayagan ni Allah). 87. At huwag mong hayaan (O Muhammad) na ilayo ka nila (sa pangangaral) ng Ayat (mga kapahayagan at mga talata) ni Allah, matapos na ito ay maipahayag sa iyo, at iyong anyayahan (ang sangkatauhan) sa iyong Panginon (alalaong baga, sa Kaisahan [Tauhid] ni Allah: 1. Kaisahan sa Pamamanginoon ni Allah; 2. Kaisahan sa pagsamba lamang kay Allah; 3. Kaisahan sa Pangalan at Katangian ni Allah), at huwag kang maging isa sa Al-Mushrikun (mga tao na nagtatambal ng iba pang diyos maliban kay Allah, pagano, sumasamba sa mga imahen, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah at nagtatatwa sa pagka-Propeta ng Kanyang Tagapagbalita

na si Muhammad). 88. At huwag kang manikluhod sa anupamang diyos maliban lamang kay Allah. La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya). Ang lahat ng mga (naghaharing bagay) ay maglalaho maliban sa Kanyang Mukha. Sa Kanya ang lahat nang Pagtatakda, at kayong (lahat) sa Kanya ay magbabalik.

SURAH 29 • AL-ANKABUT

ANG GAGAMBA

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Alif, Lam, Mim (mga titik A, La, Ma).

2. Nag-aakala baga ang sangkatauhan na sila ay hahayaan lamang sapagkat sila ay nagsasabi: "Kami ay sumasampalataya", at kami ay hindi susubukan? 3. Katotohanan, Aming sinubukan ang mga tao na nauna pa sa kanila, at katiyakang si Allah ang nakakabatid kung sino ang matapat at nagkukunwari.

4. Sa mga nagsisigawa ng kabuktutan, kanila bang napag-aakala na kanilang mahihigitan Kami (sa kapangyarihan)? Kasamaan ang kanilang paghuhusga! 5. Datapuwa't sinuman ang umaasa sa pakikipagtipan kay Allah, kung gayon, ang Sandali (na itinakda) ni Allah ay walang pagsalang sasapit; at Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Lubos na Nakakaalam (ng lahat ng bagay). 6. At kung sinuman ang magsikap (ng buong sikhay at tikas), ito ay ginawa niya para sa kanyang

sarili (kaluluwa). Katotohanang si Allah ay Malaya sa lahat ng mga pangangailangan mula sa Kanyang mga nilalang. 7. Sila na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Tagapagbalita na si Muhammad, na hindi tumatalikod dito bagama't sila ay nakakatanggap ng pinsala sa mga pagano at mapagsamba sa mga diyus-diyosan), at nagsisigawa ng kabutihan, katotohanang Aming papalisin ang kanilang mga maling gawa (na kanilang nagawa), at gagantimpalaan Namin sila ng ayon sa buti ng kanilang mga gawa.

8. At Aming ipinagtagubilin sa mga tao na maging mabuti at masunurin sa kanilang magulang, datapuwa't kung (sinuman sa kanila) ang magsikhay (na pilitin) kayo na mag-akibat sa Akin sa pagsamba (bilang katambal), na rito ay wala kayong karunungan, kung gayon, sila ay huwag ninyong sundin. Kayong lahat ay magbabalik sa Akin, at ipagsasaysay Ko sa inyo (ang katotohanan) ng inyong ginawa. 9. At sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa mga iba pang pag-uutos ng pananalig), at nagsisigawa ng kabutihan, katiyakang sila ay Aming tatanggapin (na mapabilang) sa lipon ng mga matutuwid (alalaong baga, sa Paraiso).

10. At mayroong mga tao sa karamihan nila ang nagsasabi: "Kami ay sumasampalataya kay Allah"; datapuwa't kung sila ay makaranas na ng kahirapan (dahilan sa Kapakanan) ni Allah, ay itinuturing nila na ang pagsubok sa sangkatauhan ay parusa ni Allah! At kung ang tagumpay (tulong) ay dumatal (sa inyo) mula sa inyong Panginoon, katiyakang (ang mga mapagkunwari) ay nagsasabi: "Katotohanang kami ay lagi ninyong kakampi!" Hindi baga nababatid ni Allah nang lubos ang nasa puso ng kanyang mga nilalang! 11. At

katiyakang nababatid ni Allah ang mga sumasampalataya, at katotohanan, gayundin ang mga mapagkunwari (alalaong baga, si Allah ay susubok sa mga tao sa kabutihan at kahirapan upang Kanyang maihiwalay ang mabubuti sa mga buktot [bagama't batid Niya ang lahat ng mga ito bago pa sila ay Kanyang subukan]).

12. At sila na hindi sumasampalataya ay nagsasabi sa mga sumasampalataya: "Sundin ninyo ang aming pamamaraan, at katiyakang aakuin namin (ang kahihinatnan) ng inyong mga pagkakamali." Kailanman, kahit na katiting, ay hindi nila aakuin ang kanilang kamalian. Katotohanang sila ay mga sinungaling! 13. At katotohanang papasanin nila ang sarili nilang mga pabigat (mga kamalian), at (ang iba) pang mga pabigat na kasama ng kanila, at sa Araw ng Muling Pagkabuhay, katiyakang sila ay tatawagin upang magsulit sa kanilang kasinungalingan.

14. Katotohanang Aming isinugo si Noe sa kanyang pamayanan, at siya ay nanatili sa kanila sa loob ng isang libong taon maliban sa limangpu (na nag-aanyaya sa kanila sa Islam at Kaisahan ni Allah, at iwaksi ang mga huwad na diyos at iba pang mga diyus-diyosan); datapuwa't ang Delubyo (baha) ay sumakmal sa kanila habang sila (ay lulong) sa kasalanan at kasamaan. 15. Datapuwa't Aming iniligtas siya, gayundin ang kanyang mga Kasama sa Arko, at ginawa Namin ito (ang Arko) bilang isang Ayah (tanda, aral, babala, atbp.) sa lahat ng mga nilalang!

16. At (alalahanin, nang Amin ding iniligtas) si Abraham; pagmasdan, nang kanyang ipagbadya sa kaniyang pamayanan: "Pagsilbihan (sambahin) ninyo (lamang) si Allah at Siya ay inyong pangambahan; ito ay higit na

mainam sa inyo, kung kayo ay nakakaunawa! 17. Sapagkat kayo ay sumasamba sa mga diyus-diyosan maliban pa kay Allah, at kayo ay nagsisigawa ng mga kasinungalingan. Katotohanan, ang mga bagay na sinasamba ninyo bukod pa kay Allah ay walang kapangyarihan upang bigyan kayo ng ikabubuhay, kaya't magsihanap kayo ng ikabubuhay mula kay Allah (lamang), at Siya (lamang) ang paglingkuran ninyo at magkaroon kayo ng utang na loob ng pasasalamat sa Kanya. (Tanging) Sa Kanya, kayong lahat ay magbabalik. 18. At kung kayo ay magtakwil (sa kapahayagan), na ginawa rin ng mga henerasyon na una pa sa inyo (sa kanilang mga Tagapagbalita), ang tungkulin ng isang Tagapagbalita ay mangaral lamang (ng Mensahe) nang hayagan (at maliwanag)."

19. Hindi baga nila namamasdan kung paano pinasimulan ni Allah ang paglikha, at muling inuulit ito. Katotohanang ito ay magaan lamang kay Allah. 20. Ipagbadya: "Magsipaglakbay kayo sa kalupaan at inyong malasin kung paano pinasimulan ni Allah ang paglikha, sa gayundin Niya itatanghal (muling ibabangon) ang paglikha sa Kabilang Buhay (alalaong baga, ang muling pagkabuhay pagkatapos ng kamatayan). Katotohanang si Allah ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay". 21. Pinarurusahan Niya ang sinumang Kanyang maibigan at pinagkakalooban Niya ng habag ang sinumang Kanyang naisin, at sa Kanya, kayo ay muling magbabalik. 22. Hindi kayo makakatalilis sa kalupaan o sa kalangitan (at hadlangan ang Kanyang balak), at maliban pa kay Allah, kayo ay walang Wali (Tagapagtanggol o Tagakupkop) o anumang Kawaksi. 23. Sila na nagtatakwil sa Ayat (mga tanda, kapahayagan,

katibayan, aral, atbp.) ni Allah at sa Pakikipagtipan sa Kanya (sa Kabilang Buhay), sila ang mawawalan ng pag-asa sa Aking Habag, at sila ang (magdaranas) ng pinakamalupit na Kaparusahan.

24. Kaya't walang naging kasagutan ang pamayanan (mga tao ni Abraham) maliban lamang sa: "Patayin siya o sunugin siya." Datapuwa't iniligtas siya ni Allah sa Apoy. Katotohanan, naririto ang mga Tanda para sa mga tao na may pananalig. 25. At (si Abraham) ay nagbadya: "At kayo, inyong tinangkilik (upang sambahin) ang mga diyus-diyosan at imahen sa halip na si Allah, dahilan sa inyong magkasalong pagmamahal at pagmamalasakit sa inyong sarili sa makamundong buhay na ito; datapuwa't sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay itatatwa ninyo ang bawat isa at susumpain ang bawat isa, at ang inyong magiging tahanan ay Apoy, at walang sinuman ang makakatulong sa inyo." 26. Kaya't si Lut ay nanalig sa kanya (sa mensahe ni Abraham, ang Islam at Kaisahan ni Allah). Siya (Abraham) ay nagsabi: "Iiwan ko ang aking tahanan dahil sa kapakanan ng aking Panginoon (Allah). Katotohanang Siya ay Lubos na Makapangyarihan, ang Ganap na Maalam." 27. At iginawad Namin (kay Abraham) si Isaac at Hakob, at (Aming) itinakda sa kanyang mga lahi ang pagka-Propeta at Kapahayagan (alalaong baga, ang Torah [mga Batas] kay Moises, ang Ebanghelyo kay Hesus, ang Qur'an kay Muhammad, lahat sila ay mula sa angkan ni Abraham), at ipinagkaloob Namin sa kanya ang kanyang gantimpala sa buhay na ito, at katotohanang siya ay mapapabilang sa lipon ng mga matutuwid sa Kabilang Buhay.

28. At (alalahanin) si Lut, at pagmalasin; nang kanyang

sabihin sa kanyang mga tao: “Kayo ay nagsisigawa ng Al-Fahishah (kalaswaan, ang sodomya, na isang malaking kasalanan) na wala pang tao sa mga nilalang (sa mundong ito) ang nakagawa nito nang una pa sa inyo”. 29· Katotohanan, tunay ngang nilalapitan ninyo ang mga lalaki (sodomya), at inyong sinisira ang mga daan at ninanakawan (ang mga naglalakbay)! At inyong isinasagawa ang Al-Munkar (mga kabuktutan, kawalan ng pananalig at pagsamba sa mga diyus-diyosan) sa inyong pagtitipon? Datapuwa’t ang kanyang pamayanan ay hindi sumagot maliban lamang sa pagsasabi ng: “Ibagsak mo sa amin ang poot ni Allah kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan.” 30· Siya ay nanikluhod: “O aking Panginoon! Inyong tulungan ako at bigyan ng tagumpay laban sa mga tao na Mufsidun (ang mga gumagawa ng matinding kasamaan, kasalanan, krimen, mga mapang-api, buktot, tampalasan, atbp.)!”

31· At nang ang Aming mga Tagapagbalita (mga anghel) ay pumaroon kay Abraham na may magandang balita, sila (ang mga anghel) ay nagsabi: “Tunay ngang aming wawasakin ang pamayanan sa bayang ito (ni Lut, alalaong baga, ang bayan ng Sodom sa Palestina); sapagkat katotohanang ang kanyang mga tao ay naging Zalimun (mga tampalasan, mapaggawa ng kamalian, pagano, palasuway kay Allah, at nagpabulaan sa kanilang Tagapagbalita na si Lut).” 32· At sinabi ni Abraham: “Subalit naroroon si Lut.” Sila (ang mga anghel) ay nagsabi: “Lubos naming batid kung sino ang naroroon, katotohanang aming ililigtas siya (Lut) at ang kanyang pamilya at tagasunod maliban sa kanyang asawa; siya ay kabilang sa mga nagpaiwan (alalaong baga, ang asawa ni Lut ay mawawasak na kasama ng mga wawasakin

sa kanyang pamayanan)!" 33· At nang ang Aming mga Tagapagbalita (mga anghel) ay dumatal kay Lut, siya ay lubos na nanimdim sa kanilang mga ginawa, at nakaramdam siya ng panggigipuspos (kawalan ng magagawa upang pangalagaan sila), datapuwa't kanilang sinabi: "(Lut), huwag kang mangamba, gayundin, huwag kang mamighati! Katotohanang naririto kami upang iligtas ka at ang iyong pamilya at tagasunod, maliban sa iyong asawa, siya ay kabilang sa mga nagpaiwan (alalaong baga, ang asawa ni Lut ay mawawasak na kasama ng mga wawasakin sa kanyang pamayanan)! 34· Katotohanan, aming ibabagsak sa mga tao at bayang ito ang matinding kaparusahan mula sa kalangitan, sapagkat sila ay naging buktot sa pagsalansang (sa mga Pag-uutos ni Allah)." 35· At katiyakang iniwan Namin doon ang isang maliwanag na Ayah (isang aral at babala at tanda, ang lugar kung saan matatagpuan ang Patay na Dagat sa Palestina) para sa sinumang tao na may pang-unawa.

36· At sa pamayanan (mga tao) ng Midian (Madyan) ay isinugo Namin ang kanilang kapatid na si Shu'aib, at kanyang sinabi: "O aking pamayanan! Paglingkuran ninyo si Allah at umasa (sa gantimpala ng mabubuting gawa sa pamamagitan ng pagsamba lamang sa Kanya), at pangambahan ang Huling Araw, at huwag kayong magsigawa ng katampalasan dito sa kalupaan bilang Mufsidun (mga nagnanais ng kabuktutan, kasamaan, kabuhungan, mga mapang-api, palasuway kay Allah, pagano, atbp.)." 37· Datapuwa't kanilang itinakwil siya (Shu'aib); kaya't ang malakas na pagsabog (lindol) ay sumakmal sa kanila, at sila ay nakahandusay na wala ng buhay sa kanilang mga tahanan sa kinaumagahan.

38. (At alalahanin) din (ang pamayanan) ni A'ad at ni Thamud! Katotohanan, (ang kanilang pagkawasak) ay maliwanag na nahayag sa inyo mula (sa mga bakas) ng kanilang mga gusali (pagkaguho ang kanilang kinasapitan). Ginawa ni Satanas na ang kanilang mga gawa ay maging kalugod-lugod sa kanila, at kanyang hinadlangan sila sa tamang Landas, bagama't sila ay may pangmasid at katalinuhan.

39. (At alalahanin, Aming winasak) din si Korah, Paraon at Haman. Katotohanang sa kanila ay isinugo si Moises na may Maliwanag na Ayat (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral, atbp.), subalit sila ay kumikilos ng may kapusungan sa kalupaan, datapuwa't hindi nila Kami maaabot (o matatakasan ang Aming kaparusahan). 40. At ang bawat isa sa kanila ay Aming sinakmal sa kanilang kabuktutan; at sa kanila, ang iba ay Aming hinataw ng nagngangalit na bagyo (na umuulan ng bato, katulad nang nangyari sa mga tao ni Lut); ang iba ay nakupot ng (matinding) Pagsabog (katulad nang nangyari sa mga tao ni Thamud at Shu'aib); at ang iba ay Aming hinayaan na lamunin ng lupa (katulad ni Korah); at ang iba ay Aming nilunod (katulad nang nangyari sa mga tao ni Noe, Paraon at kanyang mga kabig). Hindi si Allah ang nagpahamak sa kanila, datapuwa't sila ang nagpahamak sa kanilang sarili.

41. Ang nakakahalintulad ng mga tumatangkilik ng Auliya (mga tagapangalaga at kawaksi) bukod pa kay Allah ay tulad ng isang Gagamba, na nagtatayo (sa kanyang sarili) ng bahay; datapuwa't katotohanan, ang pinakamarupok sa lahat ng mga bahay ay ang bahay ng gagamba, kung kanila lamang itong napag-uunawa. 42. Katotohanang talastas

ni Allah ang (lahat ng bagay) na kanilang tinatawagan bukod pa sa Kanya. At Siya ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakamaalam. 43. Ang mga ganitong paghahambing ay Aming inihahalimbawa sa sangkatauhan, datapuwa't walang makakatukoy ng kanilang kahulugan maliban lamang sa nakakaunawa at may karunungan (kay Allah at sa Kanyang mga Tanda, atbp.). 44. (Si Allah ay nagwika sa Kanyang Propeta na si Muhammad): "Tanging si Allah lamang ang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan ng may katotohanan (at walang sinuman ang kahati Niya sa Kanyang paglikha)". Katotohanan! Tunay ngang naririto ang isang Tanda sa mga sumasampalataya.

45. Dalitin mo (O Muhammad) kung anuman ang ipinahayag sa iyo sa Aklat (ang Qur'an) ng inspirasyon, at magsagawa ka ng palagiang pagdarasal nang mahinusay (Iqamat-as-Salah). Katotohanan, ang pagdarasal ay nakapag-aadya at humahadlang sa Al-Fahsha (mga kahiya-hiya at masamang gawa, lahat ng uri ng kasalanan, bawal na seksuwal na pakikipagtalik, atbp.) at Al-Munkar (kawalan ng pananalig, pagsamba sa mga diyus-diyosan, lahat ng kabuktutan at kabuhungan, atbp.), at ang pag-aala-ala (at pagluwalhati) kay Allah ay walang alinlangan na pinakamainam (na bagay sa buhay sa mundong ito). At si Allah ang nakakaalam (sa mga pag-uugali) na inyong ginagawa.

46. At huwag kayong makipagtalo sa Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano), maliban lamang sa mabuting paraan (may magandang pananalita at mabuting asal na nag-aanyaya sa kanila sa Islam, sa Kanyang Kaisahan, at sa Kanyang mga Talata), tangi na lamang sa kanila na mga

tao na gumagawa ng kamalian, inyong sabihin sa kanila: "Kami ay sumasampalataya sa Kapahayagan na ipinarating sa amin at sa kapahayagan na ipinadala sa inyo; ang aming Ilah (Diyos) at inyong Ilah (Diyos) ay Iisa (alalaong baga, si Allah); at kami ay sa Kanya lamang tumatalima (bilang mga Muslim)."

47. Kaya't Aming ipinanaog ang Aklat (ang Qur'an) sa iyo (O Muhammad), at sila na pinagpahayagan Namin ng Kasulatan (ang Torah [mga Batas] at Ebanghelyo noong panahong nauna) ay nananalig dito (sa Qur'an), gayundin ang iba sa kanila (na paganong Arabo), datapuwa't ang mga walang pananalig lamang ang nagtatakwil sa Aming Ayat (mga tanda, aral, kapahayagan, katibayan, atbp. at nagtatatwa sa Kaisahan ni Allah sa Kanyang Pamamanginoon, sa Tanging Pagsamba lamang sa Kanya at sa Kanyang Tanging Pangalan at Katangian). 48. At ikaw (O Muhammad) ay hindi pa nakabasa ng Aklat na una pa rito (sa Qur'an), gayundin naman, ikaw ay hindi rin sumulat ng anumang aklat sa iyong kanang kamay. Sa gayong pangyayari, katotohanan, ang mga tagasunod ng kasinungalingan ay nag-aalinlangan (sa Qur'an). 49. Hindi, datapuwa't ang mga ito, ang maliwanag na Ayat (alalaong baga, ang paglalarawan at mga katangian ng Propetang si Muhammad na nasusulat sa mga talata ng Torah at ng Ebanghelyo), ay nakatimo sa dibdib (puso) ng mga nabigyan ng Karunungan (mula sa Angkan ng Kasulatan, alalaong baga, mga Hudyo at Kristiyano). At wala ng iba pa maliban sa Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano, mapaggawa ng kamalian, atbp.) ang nagtatakwil sa Aming Ayat (mga tanda, katibayan, aral, kapahayagan, atbp.).

50. Gayunpaman, sila ay nagsasabi: “Bakit kaya ang mga Tanda ay hindi ipinanaog sa kanya mula sa kanyang Panginoon?” Ipagbadya: “Ang mga Tanda ay katotohanang na kay Allah lamang, at ako ay isa lamang hayag na tagapagbabala.” 51. Hindi baga sapat para sa kanila na Aming ipinanaog sa iyo ang Aklat (ang Qur’an) na dinadalit sa harapan nila? Katotohanang (sa Aklat na ito) ay naroroon ang Habag at Paala-ala (mga tagubilin) sa mga tao na sumasampalataya. 52. Ipagbadya (sa kanila, O Muhammad): “Sapat na si Allah bilang isang Saksi sa pagitan natin. Talastas Niya kung ano ang nasa kalangitan at kalupaan.” At sila na sumasampalataya sa Batil (mga huwad na diyos bukod pa kay Allah, kabulaanan, atbp.), at hindi nananalig kay Allah (at sa Kanyang Kaisahan), sila ang mga talunan.

53. At kanilang itinatanong sa iyo na madaliin ang kaparusahan (sa kanila), at kung hindi lamang sa natatakdaang panahon (na may palugit), ang kaparusahan ay walang pagsala na dumatal na sa kanila. At katotohanang ito ay daratal sa kanila nang walang kaabug-abog, sa panahong hindi nila napag-aakala! 54. At kanilang itinatanong sa iyo na madaliin ang kaparusahan; datapuwa’t walang pagsala, ang Impiyerno ay lulukob sa mga nagtatakwil ng pananampalataya! 55. Sa Araw na ang kaparusahan (ng Apoy ng Impiyerno) ay lulukob sa ibabaw nila at sa ilalim ng kanilang mga paa, at isang (Tinig) ang magsasabi: “Lasapin ninyo (ang bunga) ng inyong mga gawa!”

56. O Aking mga tagapaglingkod na nananampalataya! Katotohanang malawak ang Aking Kalupaan, kaya’t Ako (at Ako lamang) ang inyong paglingkuran! 57. Ang bawat tao ay makakalasap ng kamatayan, at sa katapusan, kayong

lahat ay muling ibabalik sa Akin. 58. Datapuwa't sa mga sumasampalataya (sa Islam at sa Kaisahan ni Allah) at gumagawa ng kabutihan, katiyakang sa kanila ay igagawad Namin ang isang Tahanan sa Kalangitan, mga matatayog na mansiyon (sa Paraiso) na sa ibaba nito ay may mga ilog na nagsisidaloy, upang manirahan dito magpakailanman; isang karapat-dapat na gantimpala sa mga nagsigawa (ng kabutihan)! 59. At sa kanila na naging matimtiman sa pagtitiyaga, at nagbigay ng kanilang pagtitiwala (lamang) sa kanilang Panginoon at Tagapagkupkop. 60. At gaano karami ang mga nilikha na hindi nagdadala sa kanilang sarili ng ikabubuhay? Si Allah ang nagpapakain sa kanila at sa inyo, sapagkat Siya ang Lubos na Nakakarinig at Ganap na Nakakabatid (ng lahat ng bagay).

61. At kung sila ay iyong tatanungin kung sino ang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan at nagpapainog ng araw at buwan (ayon sa Kanyang batas), katiyakang sila ay magtuturing: "Si Allah!" Kung gayon, paano sila naligaw (sa katotohanan)? 62. Si Allah ang nagpaparami sa mga panustos (na kabuhayan) na (Kanyang iginagawad) sa sinumang tagapaglingkod na Kanyang maibigan; sa gayundin naman, ay Kanyang ipinagkakaloob (ang natatakdaang) sukat (sa sinumang Kanyang maibigan), sapagkat katotohanang si Allah ang may Ganap na Karunungan sa lahat ng bagay. 63. At katotohanang kung sila ay iyong tatanungin kung sino ang nagpapamalisbis ng tubig (ulan) mula sa alapaap, at nagbibigay ng buhay sa kalupaan pagkatapos ng kamatayan (pagiging tuyo at tigang); katiyakang sila ay magtuturing: "Si Allah!" Ipagbadya: "Luwalhatiin at Papurihan si Allah!" Datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi nakakaunawa.

64. Ano ba ang buhay sa mundong ito, maliban sa paglilibang at paglalaro? Datapuwa't katotohanan, ang Tahanan ng Kabilang Buhay; ito ang tunay na buhay (alalaong baga, ang walang hanggang buhay na hindi magmamaliw), kung kanila lamang nalalaman. 65. At kung sila ay sumasakay sa barko, sila ay nananalangin kay Allah, na ginagawa nila ang kanilang debosyon (Pananampalataya), na matapat (at natatangi) lamang sa Kanya; datapuwa't kung Kanyang maisadsad na sila nang ligtas (sa tuyong) lupa, pagmasdan, sila ay nagbibigay ng karibal (sa Kanya, sa kanilang pagsamba sa iba)! 66. Na hindi nagbibigay pahalaga at pasasalamat sa mga biyaya na Aming ipinagkaloob sa kanila, at pinababayaan nila ang kanilang sarili na hatakin (ng makamundong) paglilibang! Datapuwa't hindi magtatagal, ito ay kanilang mapag-aalaman.

67. Hindi baga nila namamalas na ginawa Namin (ang Makkah) na isang ligtas na Santuwaryo, at ang mga tao ay inaagaw nang palayo mula sa lahat ng palibot nila? Kung gayon, sila ba ay naniniwala sa Batil (mga diyus-diyosan, imahen, pagsamba sa mga huwad na diyos bukod pa kay Allah) at nagtatakwil (walang damdamin ng pasasalamat) sa mga Biyaya ni Allah? 68. At sino pa kaya ang higit na gumagawa ng kamalian, maliban sa kanya na kumakatha ng mga kasinungalingan laban kay Allah o nagtatakwil sa Katotohanan (sa pagka-Propeta ni Muhammad at sa doktrina ng Islam, Kaisahan ni Allah at sa Qur'an) kung ito ay sumapit sa kanya? Wala bagang tahanan sa Impiyerno para sa mga nagtatakwil ng pananampalataya? 69. At sa mga nagsisikap nang mataman para sa Amin (sa Aming Layunin at sa Aming Kapakanan), katotohanang sila ay gagabayan

Namin tungo sa Aming Landas (alalaong baga, sa Islam, ang Relihiyon ni Allah, at sa Kanyang Kaisahan); sapagkat katotohanang si Allah ay namamalagi sa Muhsinun (mga gumagawa ng katuwiran at kabutihan).

Surah 30 • Ar-Rum

Ang Mga Romano

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Alif, Lam, Mim (mga titik A, La, Ma).

2. Ang mga Romano ay nalupig, 3. Sa malalapit na lupain (ng Syria, Iraq, Jordan at Palestina), at sila, matapos ang pagkatalo, ay magiging matagumpay, 4. Sa loob ng tatlo hanggang siyam na taon. Ang kapasiyahan ng gayong bagay, bago at matapos (ang gayong mga pangyayari) ay na kay Allah lamang, (bago ang pagkagapi ng mga Romano sa kamay ng mga Persiano, at matapos, alalaong baga, ang pagkagapi ng mga Persiano sa kamay ng mga Romano). At sa Araw na yaon, ang mga sumasampalataya (alalaong baga, ang mga Muslim) ay magagalak (sa tagumpay na iginawad ni Allah sa mga Romano laban sa mga Persiano), 5. Sa pamamagitan ng tulong ni Allah, Siya ang nagkakaloob ng tagumpay sa sinumang Kanyang maibigan, at Siya ang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Pinakamaawain. 6. (Ito ang) pangako ni Allah (alalaong baga, si Allah ang magbibigay ng tagumpay sa mga Romano laban sa mga Persiano). Si Allah ay hindi kailanman sumisira sa Kanyang

Pangako, datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay hindi nakakaunawa. 7· Batid lamang nila ang panglabas na anyo (mga bagay) sa buhay sa mundong ito (alalaong baga, katulad ng kanilang ikabubuhay, pagtatanim at pag-aani, atbp.), datapuwa't kung tungkol sa Kabilang Buhay, sila ay nagpapabaya.

8· Hindi baga sila matiim na nagmumuni-muni (ng kanilang angking sarili) tungkol sa kanilang sarili (kung paano sila nilikha ni Allah mula sa wala, at gayundin na sila ay Kanyang ibabangong muli sa pagkabuhay)? Hindi nilikha ni Allah ang kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito, maliban lamang sa katotohanan at sa natatakdaang araw. At katotohanan, ang karamihan sa mga tao ay nagtatatwa sa pakikipagtipan nila sa kanilang Panginoon (sa Araw ng Muling Pagkabuhay)! 9· Hindi baga sila naglalakbay sa kalupaan at napagmamalas ang kinasapitan ng mga nangauna sa kanila? Sila ay higit na mainam sa kanila sa lakas; sila ay nagbungkal sa lupa at pinamahayan nila ito sa maraming bilang kaysa sa nagawa (ng mga paganong) ito, at dumatal sa kanila ang kanilang mga Tagapagbalita na may maliliwanag na katibayan. Katotohanang sila ay hindi ipinahamak ni Allah, datapuwa't sila ang nagpahamak sa kanilang mga sarili. 10· At sa kalaunan, ang kasamaan ang magiging wakas ng mga gumagawa ng kasamaan, sapagkat itinakwil nila ang Ayat (mga tanda, kapahayagan, aral, katibayan, mga Tagapagbalita, atbp.) ni Allah at kinutya ang mga ito.

11· Si Allah (lamang ang Tangi) na nagpasimula ng paglikha; at Kanyang uulitin ito; at kayo sa Kanya ay muling magbabalik. 12· At sa Araw na ang Takdang

Oras ay ititindig, ang Mujrimun (mga tampalasan, walang pananampalataya, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, buktot, buhong, kriminal, atbp.) ay ihuhulog sa pagkawasak na may matinding pagsisisi, kapighatian at kawalan ng pag-asa. 13. Walang sinumang tagapamagitan ang sasakanila mula sa mga katambal na iniakibat nila kay Allah (alalaong baga, mga diyus-diyosan na ginawa nilang kahati sa pagsamba kay Allah), at sila (rin) sa kanilang (sarili) ay magtatakwil sa kanilang mga katambal. 14. Sa Araw na ang Takdang Oras ay ititindig, - sa Araw na yaon (ang lahat ng mga tao) ay pagbubukud-bukurin (alalaong baga, ang mga sumasampalataya ay ihihiwalay sa mga hindi sumasampalataya). 15. At sila ananagsisampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at nagsigawa ng mga kabutihan, sila ang pararangalan at bibigyang kaligayahan sa mariwasang buhay (magpakailanman) sa Halamanan ng Kaligayahan (Paraiso). 16. At sa mga nagtakwil sa pananampalataya at nagpasinungaling sa Aming Ayat (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral, mga Tagapagbalita, Muling Pagkabuhay, atbp.), at ang Pakikipagtipan sa Kabilang Buhay; sila ang dadalhin sa kaparusahan (ng Apoy ng Impiyerno). 17. Kaya't luwalhatiin si Allah (ng higit sa lahat ng mga kasamaang itinatambal nila sa Kanya, [O mga sumasampalataya]), kung kayo ay sumapit na sa takipsilim (alalaong baga, ang mag-alay ng Pangtakipsilim na panalangin at matapos ito ay ang susunod na Panggabing panalangin), at kung kayo ay sumapit na sa pagbubukang liwayway (alalaong baga, ang mag-alay ng Pang-umagang panalangin). 18. Tunay nga, sa Kanya ang lahat ng mga pagpupuri at pasasalamat sa kalangitan at kalupaan; at (inyong luwalhatiin Siya) sa

dapit-hapon (alalaong baga, ang mag-alay ng Panghapong panalangin), at kung kayo ay sumapit na sa sandaling ang araw ay lagpas na ng katanghalian (alalaong baga, ang mag-alay ng Pangtanghaling panalangin). [Si Ibn Abbas ay nagsabi na ito ang limang takdang sama-samang panalangin na binanggit sa Qur'an].

19. Siya (si Allah), ang nagbibigay ng buhay mula sa mga patay at nagbibigay sa mga patay sa pagkabuhay at Siya ang nagpapanumbalik (sa pagkabuhay) sa kalupaan mula sa kamatayan (pagkatigang). At samakatuwid, sa gayon din kayo ay muling ibabangon (mula sa mga patay). 20. Ang ilan sa Kanyang mga Tanda ay ito; na kayo ay nilikha Niya mula sa alabok; at pagmasdan, kayo ay naging mga tao na nagsisipangalat! 21. Ang ilan sa Kanyang mga Tanda ay ito; na nilikha Niya para sa inyo ang inyong mga kasama (kabiyak, katambal, kapareha) mula sa lipon ninyo, upang kayo ay magsama sa katahimikan, at inilagay Niya sa inyong mga puso ang pag-ibig at awa. Katotohanang naririto ang mga Tanda sa mga tao na may matiim na pagmumuni-muni.

22. Ang ilan sa Kanyang mga Tanda ay ang pagkalikha ng kalangitan at kalupaan, at ang pagkakaiba-iba ng inyong mga wika at kulay. Katotohanang nasa sa mga ito ang mga tiyak na Tanda sa mga may tunay na karunungan. 23. Ang ilan sa Kanyang mga Tanda ay ang pagtulog na iyong ginagawa sa gabi at araw, at ang paghahanap ninyo ng Kanyang mga Biyaya. Katotohanang nasa sa mga ito ang mga Tanda sa mga tao na may pandinig. 24. Ang ilan sa Kanyang mga Tanda ay ang pagpapamalas Niya sa inyo ng kidlat, sa pamamagitan ng pagkatakot at pag-asa, at pinamamalisbis Niya ang tubig (ulan) mula sa alapaap at sa pamamagitan nito, ito ay

nagbibigay ng buhay sa kalupaan pagkatapos ng kamatayan (matapos na maging tigang). Katotohanang nasa sa mga ito ang tiyak na mga Tanda sa mga may katalinuhan.

25. Ang ilan sa Kanyang mga Tanda ay ito; ang kalangitan at kalupaan ay nananatiling nakatindig sa Kanyang Pag-uutos ; at sa kalaunan, kung kayo ay Kanyang tawagin sa isang pagtawag, pagmalasin, kayo ay magsisilabas sa kalupaan (mula sa inyong libingan tungo sa pagsusulit at kabayaran). 26. Sa Kanya ang lahat ng pag-aangkin sa lahat ng anupamang bagay na nasa kalangitan at kalupaan; at ang lahat ay tumatalima sa Kanya. 27. Siya ang Tangi na nagpasimula sa paglikha, at magpapanumbalik nito (muling paglikha matapos na ito ay maglaho); at ito ay lubhang magaan sa Kanya. Sa Kanya ang lahat ng pag-aangkin ng lahat ng pinakasukdol na paglalarawan (alalaong baga, wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya, at walang sinuman ang sa Kanya ay maitutulad) sa kalangitan at kalupaan. At Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

28. Inilantad Niya ang isang talinghaga (paghahambing) mula sa inyong sarili. Mayroon ba kayong mga katambal mula sa mga nakamtan ng inyong kanang kamay (alalaong baga, ang inyong mga alipin), upang maging kahati bilang kapantay sa kayamanan na ipinagkaloob Namin sa inyo? Nangangamba ba kayo sa kanila ng katulad ng pangangamba ninyo sa isa't isa? Samakatuwid, sa gayon Namin ipinapaliwanag ang mga Tanda sa mga tao na may pang-unawa. [Alalaong baga, paano kayo nag-akibat sa Amin ng mga katambal na Aming nilikha, gayong kayo sa inyong sarili ay hindi tatanggap ng mga katambal ninyo

mula sa inyong mga alipin?]. 29. Hindi, ang mga mapaggawa ng kasamaan (ay tangi) lamang na sumusunod sa kanilang sariling pagnanasa, na salat sa karunungan. Kung gayon, sino ang mamamatnubay sa mga tao na hinayaan ni Allah na mapaligaw? Sa kanila, walang sinuman ang makakatulong.

30. Kaya't iharap mo (O Muhammad) nang tunay ang iyong mukha sa Pananampalatayang dalisay ng Islam at Hanifan (alalaong baga, ang tanging sumamba lamang kay Allah, at sa Fitrah (ang likas na damdamin ng paniniwala sa pagiging tanging Isa ni Allah), na sa pamamagitan nito (Fitrah) ay Kanyang nilikha ang sangkatauhan. Huwag hayaan na magkaroon ng pagbabago sa Khalq-illah (alalaong baga, ang pananampalataya ni Allah, sa Islam at sa Kanyang Kaisahan); ito ang Tuwid na Pananampalataya, datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay walang kaalaman. 31. (Mamalagi) kayong lumilingon sa Kanya (lamang) sa pagsisisi at inyong pangambahan Siya at maging masunurin. Magsipagtakda kayo ng palagiang pagdarasal (Iqamat-us-Salah) at huwag kayong mapabilang sa Al-Mushrikun (mga tao na nag-aakibat sa pagsamba sa iba pang diyus-diyosan bukod pa kay Allah, walang pananalig, buhong, tampalasan, walang paniniwala sa Kaisahan ni Allah, atbp.). 32. At sa mga naghahati-hati sa kanilang Pananampalataya (sa pagkakaroon ng mga iba't ibang sekta at paglisan sa Kaisahan ni Allah, ang pagdaragdag ng mga bagong bagay [Bid'a] at pagsunod sa kanilang maimbot na hangarin), ang bawat isang sekta ay nangagagalak sa anupamang nasa sa loob (na pinanghahawakan ng kanilang sekta). [Isinalaysay ni Abu Huraira na ang Propeta ay nagsabi: Ang mga Hudyo at Kristiyano ay naghiwa-hiwalay sa

pitumpu't isa o pitumpu't dalawang pangrelihiyong sekta, at ang pamayanang ito ay mahahati sa pitumpu't tatlong pangrelihiyong sekta, ang lahat ay nasa Impiyerno, maliban sa isa, at ang isang ito ay ako at ang aking mga kapanalig ay naroroon ngayon, alalaong baga, ang sumusunod sa Qur'an at sa Sunna ng Propeta (mga legal na paraan, kautusan, mga gawa ng pagsamba, pahayag, atbp.]).

33· At kung ang kahirapan ay sumapit sa mga tao, sila ay matapat na naninikluhod sa kanilang Panginoon (Allah) at nagbabalik-loob sa Kanya sa pagsisisi; datapuwa't kung maipalasap na Niya sa kanila ang Kanyang Habag; pagmasdan, ang ilang pangkat sa kanila ay nagtatambal sa pagsamba sa ibang pang diyus-diyosan bukod pa sa kanilang Panginoon. 34· (Na wari bang) ipinapakita nila ang kawalan nila ng pasasalamat sa mga (biyayang) Aming ipinagkaloob sa kanila! Kaya't magpakaligaya kayo (sa maigsing sandali ng inyong buhay), hindi magtatagal ay inyong mapag-aalaman (ang inyong kahangalan). 35· O nagbigay ba Kami sa kanila ng isang Kasulatan na may kapamahalaan na nagsasabi sa mga bagay na kanilang itinatambal sa Kanya (sa pagsamba)?

36· Kung Aming ipalasap sa mga tao ang Aming Habag, sila ay nagagalak, at kung ang kasamaan ay makasakit sa kanila dahilan na rin (sa kagagawan ng kanilang masasamang gawa at kasalanan) na inihantong ng kanilang (sariling) mga kamay, pagmasdan, sila ay nawawalan ng pag-asa! 37· Hindi baga nila napagmamasdan na si Allah ang nagpaparami ng kanilang ikabubuhay sa sinumang Kanyang maibigan at naghihigpit nito sa sinumang Kanyang maibigan? Katotohanang naririto ang mga tiyak na Tanda sa mga sumasampalataya. 38· Kaya't ipagkaloob kung ano ang

nararapat sa mga kamag-anak, at sa nangangailangan, at sa naglalakbay; ito ay higit na mabuti sa mga humahanap sa Pagsang-ayon ni Allah, at sila ang magsisipagtagumpay. 39. At sa ibinigay ninyong pabuya (interes) sa (ibang tao), upang inyong mapalago (ang inyong kayamanan mula sa ibang tao sa paghahangad nang higit na malaking ganti mula sa kanilang ari-arian), ito ay walang karagdagan (grasya) mula kay Allah; datapuwa't ang anumang ibigay ninyo sa kawanggawa (Zakah) na naghahangad ng Pagsang-ayon ni Allah (ay madaragdagan); sila yaong ang kabayaran ay pararamihin.

40. Si Allah ang lumikha sa inyo, at nagkaloob sa inyo ng ikabubuhay, at maggagawad sa inyo ng kamatayan, at (muli) ay magpapanumbalik ng inyong buhay (sa Araw ng Muling Pagkabuhay). Mayroon kaya sa sinumang inyong (sinasabing) katambal (ni Allah) ang makakagawa ng isa man sa mga bagay na ito? Luwalhatiin Siya! Higit Siyang Mataas sa anupamang (masamang) bagay na kanilang iniaakibat (sa Kanya)! 41. Ang mga kasamaan (kasalanan at pagsuway kay Allah, atbp.) ay lumitaw sa kalupaan at karagatan dahilan sa kagagawan ng mga kamay ng mga tao (sa pamamagitan ng pang-aapi at kabuktutan), upang si Allah ay magpalasap sa ilang bahagi ng kanilang ginawa; nang sa gayon, sila ay magsitalikod (sa kasamaan, sa pamamagitan ng pagsisisi kay Allah at paninikluhod sa Kanyang Kapatawaran). 42. Ipagbadya (O Muhammad): "Magsipaglakbay kayo sa kalupaan at inyong tunghayan kung ano ang kinasapitan (ng mga tao) na nauna pa sa inyo! Ang karamihan sa kanila ay Mushrikun (mga mapagsamba

sa diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, pagano, walang pananampalataya, buktot, atbp.).

43. Kaya't ilingon mo (O Muhammad) ang iyong mukha (sa pagsunod kay Allah, ang iyong Panginoon), - sa Tuwid at Tunay na pananampalataya (sa Islam at sa Kaisahan ni Allah), bago dumating sa inyo mula kay Allah ang Araw na walang sinuman ang makakapigil; sa Araw na yaon ang mga tao ay mahahati (sa dalawang pangkat, ang isang pangkat ay sa Paraiso at ang isang pangkat ay sa Impiyerno). 44. Sinuman ang nagtatakwil sa Pananampalataya ay magdurusa sa kanyang pagtatakwil (sa Impiyerno); at sinuman ang nagsisigawa ng kabutihan ay magkakaroon sa kanyang sarili ng isang baon (sa kalangitan sa Paraiso); 45. Upang Kanyang magantimpalaan ang mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at nagsisigawa ng kabutihan mula sa Kanyang Kasaganaan, sapagkat katotohanang Siya ay hindi nagmamahal sa mga nagtatakwil ng Pananampalataya.

46. Ang ilan sa Kanyang mga Tanda ay ito; na Siya ang nagpapadala sa Hangin bilang tagapagbalita ng magandang balita, at nagpapalasap sa inyo ng Kanyang Habag (alalaong baga, ng ulan); upang ang mga barko ay magsipaglayag sa Kanyang pag-uutos at upang kayo ay makasumpong ng Kanyang Kagandahang Loob (Biyaya), upang kayo ay magkaroon ng damdamin ng pasasalamat. 47. At katotohanang Kami ay nagparating bago pa sa iyo (O Muhammad) ng mga Tagapagbalita sa kanilang mga pamayanan. Sila ay dumatal sa kanila na may maliliwanag na Tanda at katibayan; at sa mga lumabag sa (paggawa) ng kasalanan (kawalan ng pananalig at pagsamba sa iba maliban pa kay Allah, atbp.), sila ay ginawaran Namin ng

kaparusahan; at isang katungkulan sa Amin na Aming tulungan ang mga sumasampalataya.

48. Si Allah ang nagsusugo ng Hangin, na nagtataas sa mga ulap, at pinangangalat Niya ito sa kalangitan ayon sa Kanyang kagustuhan, at binibiyak Niya ito ng pira-piraso hanggang sa inyong mamasdan ang mga patak ng ulan mula sa bunton nito! At kung Kanyang hayaan na ito ay mamalisbis sa Kanyang mga tagapaglingkod na Kanyang maibigan, tunay nga, sila ay nangagagalak! 49. At katotohanang bago (pa dumating ang ulan), hindi pa nagtatagal nang tanggapin nila ito; sila ay hibang pa sa kawalan ng pag-asa! 50. At inyong pagmasdan (O sangkatauhan!) kung ano ang kinalabasan ng Habag ni Allah, kung paano Niya binuhay ang kalupaan pagkatapos na ito ay mamatay (maging tigang). Katotohanang sa gayon din, (si Allah) na nagpasigla sa tigang na kalupaan ay magbibigay buhay sa mga tao na patay (sa Araw ng Muling Pagkabuhay), sapagkat Siya ang may Kapangyarihan sa lahat ng bagay. 51. At kung Kami ay magparating ng hangin (na nananalanta) at kanilang mapagmamasdan (na ang kanilang luntiang halamanan) ay nanilaw (nalanta); inyong tunghayan, pagkatapos na sila ay magalak, sila ay nawawalan ng pasasalamat (sa kanilang Panginoon, bilang mga hindi sumasampalataya). 52. Katotohanang ikaw (O Muhammad) ay hindi makakagawa na ang patay ay makarinig (alalaong baga, ang mga hindi sumasampalataya), gayundin na ang bingi ay makinig sa panawagan, kung sila ay tumatalikod at tumatalilis. 53. At ikaw rin (O Muhammad) ay hindi makakapamatnubay sa bulag sa pagkaligaw; magagawa mo lamang na makarinig sila na mga sumasampalataya sa Aming Ayat (mga tanda,

katibayan, kapahayagan, aral, atbp.) at tumatalima kay Allah sa Islam (bilang mga Muslim).

54· Si Allah ang lumikha sa inyo sa katayuan ng pagiging mahina (murang gulang pa); at nagbigay sa inyo ng lakas (paglaki at ganap na gulang) mula sa pagiging mahina; at pagkaraan ng lakas, (muli) ay ang pagiging mahina at (pagkakaroon) ng maputing buhok. Siya ang lumilikha ng anumang Kanyang naisin, at Siya ang may Ganap na Karunungan at Tigib ng Kapangyarihan (sa lahat ng bagay). 55· At sa Araw na ang Oras (ng Pagsusulit) ay ititindig, ang Mujrimun (mga nagsilabag sa utos, kriminal, buktot, tampalasan, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, makasalanan, atbp.) ay manunumpa na sila ay nanatili lamang ng isang oras, kaya't sa ganito sila ay nalinlang sa katotohanan (alalaong baga, sila ay nahirati na sa pagsasabi ng kasinungalingan at bulaang pagsaksi at tumatalikod sa katotohanan sa buhay sa mundong ito)! 56· Datapuwa't yaong nagawaran ng karunungan at pananalig ay magsasabi: "Katotohanang kayo ay nanatili ayon sa Pagtatakda ni Allah hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at ito ang Araw ng Muling Pagkabuhay, datapuwa't ito ay hindi ninyo nalalaman!" 57· Kaya't sa Araw na yaon, walang anumang dahilan (katwiran) ang makakatulong sa mga nagsilabag (sa pamamagitan nang pagtatambal sa pagsamba kay Allah at pagtatatwa sa Araw ng Muling Pagkabuhay), gayundin, sila ay hindi na papayagan na makapagbago (o makabalik sa lupa) upang hanapin ang kaluguran ni Allah (sa pamamagitan ng pagtanggap sa Islam at paggawa ng kabutihan at pagtatakwil sa pagsamba sa mga diyus-diyosan, at sa mga kasalanan ng may pagtitika).

58. At katotohanang Aming ipinaunawa nang matiim sa mga tao, sa Qur'an na ito, ang lahat ng uri ng talinghaga; datapuwa't kung ikaw (O Muhammad) ay magdala sa kanila ng anumang Tanda (bilang isang katibayan ng katotohanan at pagka-propeta), ang mga hindi sumasampalataya ay katiyakang magsasabi (sa mga sumasampalataya): "Ikaw ay walang sinusunod kundi kabulaanan at salamangka." 59. Kaya't sa ganito tinakpan ni Allah ang puso ng mga hindi nakakaunawa (sa mga katibayan ng pagiging Tanging Isa ni Allah at sa hindi sumubok na umunawa sa tunay na layon nang pagkasugo ni Muhammad sa kanila). 60. Kaya't ikaw (O Muhammad) ay maging matimtiman sa pagtitigaya; sapagkat katotohanang ang pangako ni Allah ay katuparan, at huwag hayaan ang mga tao na walang katiyakan ang pananampalataya ay makapanghina sa iyo sa pagpapalaganap ng Mensahe ni Allah (na iyong marapat na maiparating).

Surah 31 • Luqman

Luqman

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Alif, Lam, Mim (mga titik A, La, Ma).

2. Ito ang mga Talata ng Aklat ng Karunungan (ang Qur'an). 3. Isang Patnubay at Habag sa Muhsinun (mga gumagawa ng kabutihan at katuwiran), 4. Sila na nag-aalay ng palagiang pagdarasal nang mahinusay (Iqamat-us-Salah),

at nagbibigay ng Zakah (katungkulang kawanggawa), at mayroong matibay na pananalig sa Kabilang Buhay. 5· Sila ang nasa (tunay) na patnubay mula sa kanilang Panginoon; at sila ang magsisipagtagumpay.

6· Datapuwa't mayroon sa karamihan ng mga tao ang bumibili ng walang kabuluhang pag-uusap (alalaong baga, ang musika, pagkanta, atbp.) upang iligaw ang mga tao sa Landas ni Allah ng walang kaalaman, at nagtuturing dito (sa Landas ni Allah, sa mga Talata ng Qur'an) sa pamamaraan ng paghamak; para sa kanila ay mayroong nakahanda na kahiya-hiyang kaparusahan (sa Apoy ng Impiyerno). 7· Kung ang Aming mga Talata (ang Qur'an) ay ipinaparinig sa isa sa kanila, siya ay tumatalikod ng may kapalaluan, na wari bang hindi niya narinig sila; na wari bang mayroong kabingihan sa dalawa niyang tainga. Kaya't ipagbadya sa kanya ang isang kasakit-sakit na kaparusahan. 8· At sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at nagsisigawa ng kabutihan, sasakanila ang Halamanan ng Kaligayahan (Paraiso), 9· Upang sila ay manahan dito. Ang pangako ni Allah ay tunay; at Siya ang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Pinakamaalam.

10· Nilikha Niya ang kalangitan (alapaap) ng walang mga haligi na inyong namamasdan; itinindig Niya sa kalupaan ang mga kabundukan na nakatanim nang matatag, (kung hindi) baka ito ay umuga sa inyo; at Kanyang ikinalat dito ang lahat ng uri ng hayop. At Kami ang nagpamalisbis ng tubig (ulan) mula sa alapaap at nagpatubo Kami sa kalupaan ng lahat ng uri (ng halaman) sa bawat pares. 11· Ito ang Likha ni Allah. Ngayon, ipamalas ninyo sa Akin kung anong bagay ang nilikha nila (mga diyus-diyosan na inyong

sinasamba) bukod pa ang sa Akin. Hindi, ang Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaglabag sa mga utos, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah), ay nasa hayag na kamalian.

12. At katiyakang Kami ay nagkaloob noon ng Al-Hikmah (karunungan at pananampalatayang pang-unawa, atbp.) kay Luqman na nagsasabi: "Magbigay ka ng pasasalamat kay Allah." Sinuman ang magbigay ng damdamin ng pasasalamat, siya ay nagbigay (ng kabutihan) at gumawa ng kapakinabangan sa kanyang kaluluwa, datapuwa't kung sinuman ang walang utang na loob, katotohanang si Allah ay Sagana (hindi nangangailangan ng anuman) at karapat-dapat sa Kanya ang lahat ng pagpupuri. 13. Pagmalasin! Nang si Luqman ay nagsabi sa kanyang anak (na lalaki) nang may pangangaral: "O aking anak! Huwag kang magtambal ng iba pa sa pagsamba kay Allah; katotohanan, ang pagtatambal sa pagsamba sa iba pa kay Allah ay katiyakang Zulm (pinakamatinding kamalian)."

14. At ipinagtagubilin Namin sa tao (na maging mabuti at masunurin) sa kanilang magulang. Ang kanyang ina ay nagsilang sa kanya sa kahinaan at kahirapan at muli sa kahinaan at kahirapan, at inawat siya (sa pagpapasuso) pagkatapos ng dalawang taon. Magbigay kayo ng pasasalamat sa Akin at sa inyong magulang; - sa Akin ang inyong huling hantungan. 15. Datapuwa't kung sila (magulang) ay magsikhay upang ikaw ay magtambal ng iba pa sa pagsamba sa Akin sa mga bagay na wala kayong kaalaman; sila ay huwag ninyong sundin, datapuwa't maging mabuti kayo sa kanila sa mundong ito, at sundin ninyo ang landas ng sinumang nagbabalik loob sa Akin sa pagsisisi at

pagsunod. Sa katapusan, ang hantungan ninyong lahat ay sa Akin, at sa inyo ay Aking ipagtuturing ang inyong ginawa.

16. (Sinabi ni Luqman): "O aking anak! Kung mayroong (bigat) na katumbas ang isang butil ng buto ng mustasa at ito (ay nakatago) sa batuhan, o (saan man) sa kalangitan at kalupaan; si Allah ang magbubunyag (magpapatubo) nito. Katotohanang si Allah ay Bihasa (sa pagpapatubo ng gayong butil) at Ganap na Nakakaalam ng kanyang kinalalagyan." 17. "O aking anak! Magsagawa ka ng palagiang pagdarasal (nang mahinusay), ipagtagubilin mo ang Al-Ma'ruf (pananalig sa Kaisahan ni Allah at Islam, sa lahat ng mabuti at makatarungan), at iyong ipagbawal ang Al-Munkar (alalaong baga, ang kawalan ng pananalig sa Kaisahan ni Allah, pagsamba sa mga diyus-diyosan, lahat ng uri ng kasamaan, kasalanan at kamalian); at ikaw ay maging matimtiman sa pagtitiyaga sa anupamang dumatal sa iyo." Katotohanang ito ang ilan sa mahahalagang pag-uutos ni Allah na walang pasubali. 18. At huwag mong patambukin ang iyong pisngi sa harap ng mga tao (ng may kapalaluan), at huwag kang maglakad sa kalupaan ng may kabastusan, katotohanang si Allah ay hindi nagmamahal sa mga mayayabang at mapagpaimbabaw, 19. At maging banayad sa iyong paglakad (at huwag magpamalas ng pagmamalaki) at ibaba mo ang iyong tinig. Katotohanan, ang pinakamagaspang (magaralgal) sa lahat ng tinig ay ang pag-iingay ng mga asno.

20. Hindi baga ninyo napagmamasdan (O sangkatauhan) na ipinailalim ni Allah ang lahat ng bagay para sa inyong (gamit) dito sa kalangitan at kalupaan, at iginawad Niya at ginanap ang Kanyang mga biyaya na tigib na dumadaloy

sa inyo sa angkop na sukat, (na kapwa) lantad (alalaong baga, ang paniniwala sa Kaisahan ni Allah at sa Islam, at ang mga pinahihintulutang ligaya sa mundong ito, kasama na rito ang kalusugan, kayamanan, kagandahan, atbp.) at nalilingid (ang pananampalataya ng sinuman kay Allah [at sa Islam], kaalaman, karunungan, patnubay, paggawa ng kabutihan, at gayundin ang kasiyahan sa Kabilang Buhay sa Paraiso, atbp.)? Datapuwa't mayroong mga tao sa kanilang karamihan ang nakikipagtalo tungkol kay Allah ng walang kaalaman o patnubay, o ng isang Aklat na magbibigay ng kaliwanagan! 21. At kung ito ay ipinagbabadya sa kanila: "Sundin ninyo ang pahayag na ipinanaog ni Allah", sila ay nagsasabi: "Hindi, aming susundin ang mga paraan na ginagawa ng aming mga ninuno." Ano! Ito ba ay kanilang gagawin kahit na si Satanas ay nag-aanyaya sa kanila sa kaparusahan ng Apoy.

22. At sinuman ang magsuko ng kanyang ganap na sarili kay Allah (alalaong baga, ang sumunod sa Islam at tamang pananampalataya, ang sumamba lamang kay Allah nang may mataos na Pananalig sa Kanyang 1] Kaisahan at Pamamanginoon, 2] Tanging sa Kanya lamang ang Pagsamba, 3] Kaisahan ng Kanyang mga Pangalan at Katangian), samantalang siya ay Muhsin (gumagawa ng kabutihan, at nagsasagawa nito tungo sa Kapakanan ni Allah ng walang pagpaparangalan at gumagawa nito ayon sa Sunna [pamamaraan] ng Tagapagbalita ni Allah na si Muhammad), katotohanang siya ay nakasakmal ng pinakamatatag at mapagkakatiwalaang dakot (ang La ilaha ill Allah, Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah). At

kay Allah ang lahat ng bagay ay magbabalik tungo sa pagpapasya. 23. Datapuwa't kung sinuman ang magtakwil sa Pananampalataya, huwag hayaan ang kanilang pagtatakwil ay magbigay hapis sa iyo (O Muhammad); sa Amin ang kanilang pagbabalik, at ipapahayag Namin sa kanila ang katotohanan ng kanilang mga ginawa. Katotohanang si Allah ang Lubos na Nakakabatid kung ano ang lahat ng nasa puso (ng mga tao). 24. Ipinagkaloob Namin sa kanila ang kasiyahan sa maigsing sandali; at sa katapusan, sila ay Aming itataboy sa kaparusahan na walang pagmamaliw.

25. At kung sila ay iyong tatanungin (O Muhammad): "Sino ang lumikha ng kalangitan at kalupaan?", sila ay katiyakang magsasabi: "Si Allah". Ipagbadya: "Ang lahat ng pagpupuri at pasasalamat ay kay Allah!" Datapuwa't ang karamihan sa kanila ay walang kaalaman. 26. Si Allah ang nag-aangkin ng lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan; katotohanang si Allah ay Al-Ghani (Masagana at hindi nangangailangan ng anuman), ang Karapat-dapat sa lahat ng pagpupuri. 27. At kung ang lahat ng mga punongkahoy sa kalupaan ay mga panulat at ang karagatan (ay tinta na rito ay ipangsusulat), at may pitong karagatan sa likuran nito upang idagdag (sa tinta bilang panulat), magkagayunman, ang mga Salita ni Allah ay hindi magwawakas (o masasaid sa pamamagitan ng pagsulat). Katotohanang si Allah ay Tigib ng Kapangyarihan, ang Puspos ng Karunungan.

28. Ang pagkakalikha ninyong lahat at ang muling pagkabuhay ninyong lahat ay katulad lamang (ng paglikha at muling pagbuhay) ng isang tao. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakakarinig, ang Lubos na Nakakamasid. 29. Hindi mo ba napagmamalas (O Muhammad) na

pinaglagom ni Allah ang gabi sa maghapon (alalaong baga, ang pag-igsi ng mga oras sa gabi ay idinagdag sa mga oras ng maghapon) at pinaglagom din Niya ang maghapon sa gabi (alalaong baga, ang pag-igsi ng mga oras sa maghapon ay idinagdag sa mga oras ng gabi), at ipinailalim Niya ang araw at buwan (sa Kanyang mga Batas), na ang bawat isa ay tumatahak sa kanyang landas sa natatakdaang panahon; at si Allah ang Lubos na Nakakaalam ng lahat ninyong ginagawa. 30. Sapagkat si Allah, Siya ang Katotohanan, at lahat ng anumang kanilang tinatawagan maliban pa kay Allah ay Al-Batil (kasinungalingan, kabulaanan, Satanas, lahat ng huwad na mga diyos); at si Allah,- Siya ang Kataas-taasan, ang Pinakadakila.

31. Hindi baga ninyo napagmamasdan na ang mga barko ay nagsisilayag sa kapahintulutan ni Allah, upang maipamalas Niya sa inyo ang Kanyang mga Tanda? Katotohanang naririto ang mga Tanda sa lahat ng mga tao na matiyaga at nagbibigay ng pasasalamat. 32. At kung ang isang alon ay lumukob sa kanila na tulad ng isang bubong (ng mga ulap o bundok ng tubig-dagat), sila ay tumatawag kay Allah, na nag-aalay lamang sa Kanya ng matapat na debosyon, datapuwa't kung sila ay mailunsad na Niya nang ligtas sa kalupaan, mayroon sa kanilang karamihan ang nag-aalinlangan sa pagitan (ng katuwiran at kamalian, paniniwala at kawalan ng pananalig). Datapuwa't walang sinuman ang nagtatakwil ng Aming mga Tanda maliban sa isang taksil at walang pasasalamat!

33. O sangkatauhan! Tuparin ninyo ang inyong tungkulin sa inyong Panginoon (sa pamamagitan ng paniniwala sa Kanya, paggawa ng kabutihan at pag-iwas sa lahat ng

masasama) at pangambahan ninyo (ang pagdatal) ng Araw na ang ama ay hindi makikinabang sa sinuman sa kanyang anak, gayundin ang anak ay hindi makikinabang sa kanyang ama. Katotohanan, ang pangako ni Allah ay tunay, at huwag hayaan ang makamundong buhay na ito ay dumaya sa inyo at huwag din hayaan ang Punong Manlilinlang (Satanas) ay dumaya sa inyo tungkol kay Allah. 34. Katotohanan! Ang kaalaman sa Oras (ng Paghuhukom) ay kay Allah (lamang). Siya ang nagpapamalisbis ng ulan at Siya ang nakakaalam (sa laman) ng mga sinapupunan. At walang sinuman ang nakakaalam kung ano ang kanyang kikitain sa kinabukasan; at wala ring sinuman ang nakakaalam kung saang lupain siya mamatay. Katotohanang na kay Allah ang ganap na kaalaman at Siya ang nakakabatid (ng lahat ng bagay).

SURAH 32 • AS-SAJDA

ANG PANGANGAYUPAPA O PAGPAPATIRAPA

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Alif, Lam, Mim (mga titik A, La, Ma). 2. (Naririto ang) kapahayagan ng Aklat (ang Qur'an) na walang alinlangan mula sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang! 3. O sila ba ay nagsasabi: "Siya (Muhammad) ay kumatha (naggawa-gawa) lamang nito?" Hindi, ito ang Katotohanan mula sa iyong Panginoon upang iyong mapaalalahanan ang mga tao na sa kanila ay walang dumatal na Tagapagbabala nang una sa iyo; upang sila ay tumpak na mapatnubayan.

4· Si Allah, Siya ang lumikha ng kalangitan at kalupaan at lahat ng mga nasa pagitan nito sa anim na Araw; at in-Istawa (itinindig) Niya ang Kanyang sarili sa Luklukan (ng kapamahalaan ayon sa paraan na naaayon sa Kanyang Kamahalan). Kayo (O sangkatauhan) ay wala ng iba pa maliban sa Kanya bilang isang Wali (Tagapangalaga, Tagapagtanggol, Kawaksi, atbp.) o isang tagapamagitan (sa inyo). Hindi baga kayo tatanggap ng paala-ala? 5· Siya ang namamahala (sa bawat) pangyayari mula sa kalangitan tungo sa kalupaan; at ito (ang pangyayari) ay pumapanhik sa Kanya, sa isang Araw, na ang sukat nito ay katulad ng isang libong taon sa inyong pagbilang (alalaong baga, ang pagbibilang ayon sa ating pangkasalukuyang oras sa mundong ito). 6· Siya (si Allah), ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ng bagay, na nakalingid at lantad, ang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Pinakamaawain. 7· Siya na lumikha ng lahat ng bagay sa pinakamainam na paraan at sinimulan Niya ang paglikha sa tao mula sa putik. 8· At ginawa Niya ang kanyang (Adan) mga supling mula sa walang katuturang katas (ng semilya ng lalaki at babae). 9· At Kanyang hinubog siya sa ganap na sukat, at hiningahan Niya ito ng Kanyang espiritu (ang kaluluwa na nilikha ni Allah sa gayong tao), at iginawad Niya sa inyo ang pandinig (tainga), paningin (mata) at pang-unawa (puso). Kakarampot na pasasalamat lamang ang inyong ibinibigay!

10· At sila ay nagsasabi: "Ano! Kung kami ay pumanaw, matago at mawala sa kalupaaan, kami baga ay lilikhaing muli?" Hindi, datapuwa't itinatakwil nila ang Pakikipagtipan sa kanilang Panginoon! 11· Ipagbadya: "Ang anghel ng kamatayan na nakatalaga sa inyo ay

(walang pagsalang) magtatangan ng inyong kaluluwa; at kayo ay muling ibabalik sa inyong Panginoon." 12. At kung inyo lamang mapagmamasdan kung ang Mujrimun (mga makasalanan, walang pananampalataya, kriminal, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, atbp.) ay magyuyukod ng kanilang ulo sa harapan ng kanilang Panginoon, (na nagsasabi): "Aming Panginoon! Aming napagmasdan at aming napakinggan; kaya't kami ay muli Ninyong ibalik (sa kalupaan); kami ay magiging matuwid at gagawa ng kabutihan. Katotohanan! Kami ngayon ay sumasampalataya ng walang alinlangan." 13. Kung Amin lamang ninais; walang pagsala, na mabibigyan Namin ang bawat kaluluwa ng tamang patnubay; datapuwa't ang Salita mula sa Akin ay makapangyayari (sa mga mapaggawa ng kasalanan): "Aking pupunuin ang Impiyerno na magkasama ang mga Jinn at mga tao." 14. "Kaya't lasapin ninyo ngayon (ang kaparusahan ng Apoy), sapagkat inyong kinalimutan ang inyong Pakikipagtipan sa Araw na ito; at (katotohanang) Kami rin ay makakalimot sa inyo; kaya't lasapin ninyo ngayon ang walang hanggang kaparusahan dahilan sa inyong kasamaan!" 15. Sila lamang na mga sumasampalataya sa Aming Ayat (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral, atbp.), sila nga, na kung ito ay dinadalit sa kanila ay nangangayupapa sa pagsamba, at nagpaparangal sa pagluwalhati sa kanilang Panginoon, at hindi sila nagmamataas sa kapalaluan. 16. Iniiwan nila ang kanilang mga higaan, na nananalangin sa pangangamba at pag-asa; at gumugugol sila sa kawanggawa (tungo sa kapakanan ni Allah) mula sa biyaya na Aming ipinagkaloob sa kanila. 17. Ngayon, walang sinuman ang nakakaalam sa

kaligayahan (ng paningin) na inilingid (bilang panlaan) sa kanila, isang gantimpala sa kanilang (mabubuting) gawa.

18. Siya kaya na isang nananampalataya ay katulad niya na isang Fasiq (walang pananampalataya at palasuway kay Allah)? Sila ay hindi magkatulad. 19. At sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at nagsisigawa ng katuwiran at kabutihan, sasakanila ang mga Halamanan (Paraiso) bilang maasikasong tahanan dahilan sa kanilang (mabubuting) gawa. 20. At sa kanila na Fasiqun (mga walang pananalig, palasuway kay Allah, buktot, atbp.) ang kanilang tirahan ay Apoy; sa bawat sandaling naisin nila na makalayo rito, sila ay sapilitang ibabalik dito, at sa kanila ay ipagbabadya: "Lasapin ninyo ang kaparusahan ng Apoy, ang bagay na inyong itinatakwil bilang huwad." 21. At katotohanang hahayaan Namin na lasapin nila ang magaan na pagpaparusa (alalaong baga, ang kaparusahan sa mundong ito tulad ng mga kalamidad, kapinsalaan, atbp.) bago Namin ibigay ang kasaki-sakit na kaparusahan (sa Kabilang Buhay) upang sila ay (magtika) at magbalik loob (at tumanggap sa Islam). 22. At sino pa kaya ang higit na gumagawa ng kamalian kaysa sa kanya, na kung ang Ayat (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral, atbp.) ng kanyang Panginoon ay ipinahahayag, siya ay tumatalilis palayo rito? Katotohanang sa Mujrimun (mga lumalabag sa kautusan, kriminal, walang pananampalataya, buktot, mapagsamba sa diyus-diyosan, atbp.), Aming igagawad sa kanila ang (ganap) na ganti.

23. Noon pang una, katiyakang Aming ibinigay ang Kasulatan (Torah, ang mga Batas) kay Moises; kaya't huwag kang (Muhammad) mag-alinlangan na makakatagpo mo

siya (alalaong baga, kung iyong makatagpo si Moises sa panahon ng Gabi ng Al-Isra at Al-Miraj sa ibabaw ng kalangitan); at ginawa Namin ito (ang Torah, ang mga Batas) na isang patnubay sa Angkan ng Israel. 24· At Aming hinirang sa karamihan nila (Angkan ng Israel) ang mga Pinuno na nagbibigay sa kanila ng mga patnubay sa ilalim ng Aming Pag-uutos, habang sila ay nagpupunyagi sa pagtitiyaga at patuloy na nananampalataya ng may katiyakan sa Aming Ayat (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral, atbp.). 25· Katotohanan, ang iyong Panginoon ang hahatol sa pagitan nila sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sa mga bagay na kanilang pinagkahidwaan (sa kanilang mga sarili). 26· Ito baga ay hindi nagdudulot sa kanila ng aral; kung gaano karaming sali't saling lahi ang Aming winasak noon, na una pa sa kanila, na ang kanilang mga tirahan ay kanilang dinadaan-daanan? Katotohanang naririto ang mga Tanda; hindi baga sila makikinig? 27· At hindi baga nila napagmamasdan na Aming itinataboy ang tubig (mga ulap na nagdadala ng ulan) sa tigang na lupa (na hubad sa halaman), at pinatutubo Namin dito ang pananim, na nagsisilbing pagkain sa kanila at sa kanilang hayupan (bakahan)? Wala ba silang paningin? 28· Sila ay nagsasabi: "Hanggang kailan ang Pagpapasyang ito (sa pagitan namin at sa iyo, alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay), kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan?" 29· Ipagbadya: "Sa Araw ng Pagpapasya, ito ay walang kapakinabangan sa mga hindi nananampalataya kahit na sila (sa bandang huli) ay manalig! Sila rin ay hindi bibigyan ng palugit." 30· Kaya't lumayo ka sa kanila (O Muhammad) at maghintay; katotohanang sila (rin) ay naghihintay.

Ang Magkakaanib o Pederasyon

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. O Propeta (Muhammad)! Pangambahan mo si Allah at huwag mong pakinggan ang mga hindi sumasampalataya at mga mapagbalatkayo (alalaong baga, huwag mong sundin ang kanilang mga payo). Katotohanang si Allah ay Puspos ng Karunungan, ang Tigib ng Kaalaman. 2. Datapuwa't iyong sundin ang anumang ipinanaog sa iyo na inspirasyon mula sa iyong Panginoon. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakakaalam (ng lahat) mong ginagawa. 3. At ibigay mo ang iyong pagtitiwala kay Allah, at Sapat na si Allah bilang Wakil (Tagapamahala at Tagapagpatupad ng lahat ng mga pangyayari).

4. Si Allah ay hindi naglagay sa sinumang tao ng dalawang puso sa kanyang dibdib, gayundin naman ay hindi Niya ginawa ang inyong asawang (babae) na inyong dinidiborsyo sa pamamagitan ng Az-Zihar [Ang Az-Zihar ay nangangahulugan ng: "Ikaw ay katulad ng likod ng aking ina, samakatuwid, ikaw ay hindi marapat na aking sipingan."] na (maging) inyong tunay na ina, at hindi rin Niya ginawa ang inyong mga ampong lalaki (na maging) inyong tunay na mga anak na lalaki. Ito ay isa lamang sinasambit ng inyong bibig. Datapuwa't si Allah (sa inyo) ay nagsasabi ng Katotohanan, at Siya ang nagtuturo ng (tamang) Landas. 5. Inyong tawagin sila (mga ampong lalaki) sa pangalan ng

kanilang (tunay) na ama, ito ay higit na makatarungan sa Paningin ni Allah. Datapuwa't kung hindi ninyo alam ang pangalan ng kanilang ama, (kung gayon sila) ay inyong kapatid sa pananampalataya o inyong kaibigan, datapuwa't hindi ninyo ito kasalanan kung kayo ay magkamali rito, (ang higit na mahalaga) ay ang saloobin ng inyong puso; at si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

6. Ang Propeta ay higit na malapit sa mga sumasampalataya kaysa sa kanilang sarili, at ang kanyang mga asawa ay kanilang (mga sumasampalataya) mga ina (kung tungkol sa paggalang at pag-aasawa). Ang pagkakamag-anak sa dugo sa bawat isa sa kanila ay mayroong higit na malapit na personal na bigkis sa Kautusan ni Allah (hinggil sa mga pamana) kaysa (sa pagkakapatiran) ng mga sumasampalataya at Muhajirun (mga tao na nagsilikas sa Madinah mula sa Makkah), gayunpaman, gawin ninyo kung ano ang makatarungan sa inyong pinakamalapit na kaibigan (nang ang Propeta ay sumanib sa kanila sa bigkis ng pagkakapatiran). Ito ang nasusulat sa Al-Lauh Al-Mahfuz (ang Aklat ng Banal na Pag-uutos ni Allah).

7. (At alalahanin) nang Aming hingin sa mga Propeta ang kanilang Kasunduan, at mula sa iyo (O Muhammad), at mula kay Noe, Abraham, Moises at Hesus na anak ni Maria; hiningi Namin sa kanila ang isang sagradong Kasunduan.
8. Upang (si Allah) ay makapagtanong sa mga Matatapat (mga Tagapagbalita at Propeta ni Allah), hinggil sa kanilang Katapatan (sa pagpapahayag ng Kanyang Mensahe na nakaatang sa kanila). At Kanyang inihanda sa mga hindi sumasampalataya ang isang kasakit-sakit na kaparusahan (sa Apoy ng Impiyerno).

9. O kayong nagsisisampalataya! Alalahanin ang Kagandahang Loob ni Allah (na ipinagkaloob) sa inyo, nang may dumatal sa inyo na maraming tao (upang makapanaig sa inyo), datapuwa't ipinadala Namin laban sa kanila ang daluyong at lakas na hindi ninyo nakikita (mga pulutong ng anghel sa panahon ng digmaan ng Al-Ahzab [pederasyon]). At si Allah ang Ganap na Nakakamasid (nang maliwanag) sa lahat ninyong ginagawa. 10. Nang sila ay dumating sa inyo mula sa itaas ninyo at mula sa ibaba ninyo, at nang ang mga mata ay lumaki sa panlilisik at ang mga puso ay naghikab sa lalamunan, at kayo ay nag-iisip ng may pag-aalinlangan kay Allah. 11. Sa gayong kalagayan, ang mga sumasampalataya ay sinubukan at nauga ng matinding pagkalog.

12. At pagmasdan! Nang ang mga mapagkunwari at mayroong salot ang mga puso (sa pag-aalinlangan) ay nagsabi: "Si Allah at ang Kanyang Tagapagbalita ay walang ipinangako sa atin maliban sa kahibangan!" 13. Pagmasdan! May isang pangkat sa karamihan nila ang nagsabi: "O kayong mga tao ng Yathrib (Madinah)! Hindi ninyo matatagalan (ang paglusob ng inyong kaaway), kaya't magsiurong kayo!" At ang iba sa karamihan nila ay nagpaalam sa Propeta na nagsasabi: "Katotohanan, ang aming mga tahanan ay nakalantad (sa mga kaaway)", bagama't ito ay hindi nakabuyangyang; wala silang hinahangad na iba maliban na (sila) ay makatalilis. 14. At kung ang kaaway ay nakapasok na sa lahat ng sulok (ng lungsod), at sila ay hinihikayat sa Al-Fitnah (alalaong baga, ang magbalik sa kawalan ng pananampalataya at sumamba sa mga diyus-diyosan), sila ay magsasagawa nito na may kakarampot lamang na pag-aatubili. 15. At katotohanang sila ay nagsigawa na

ng Kasunduan kay Allah na hindi sila tatalikod, at ang Kasunduan kay Allah ay dapat na panagutan. 16. Ipagbadya (O Muhammad, sa mga mapagkunwari na humihingi ng iyong pahintulot na makaalis sa iyo): "Ang pagtalilis ay walang kapakinabangan sa inyo kung kayo ay tumatalilis sa kamatayan o sa pagpatay, kayo ay magtatamasa lamang ng kaligayahan sa maigsing sandali!" 17. Ipagbadya: "Sino kaya baga ang makakapangalaga sa inyo laban kay Allah kung Kanyang naisin na gawaran kayo ng kapinsalaan o bigyan kayo ng (Kanyang) habag? At sila ay hindi makakatagpo ng anumang Wali (kawaksi, tagapangalaga, tagapagtanggol, atbp.) sa kanilang sarili maliban kay Allah.

18. Katotohanang nababatid ni Allah kung sino sa karamihan ninyo ang pumipigil sa mga tao na makipaglaban sa Kapakanan ni Allah, at sila na nagsasabi sa kanyang mga kapatid ng: "Halina kayong sumama sa amin", samantalang (sila sa kanilang sarili) ay hindi sumasama sa labanan maliban lamang sa kakaunting panahon, 19. Na maramot sa pakikitungo sa inyo (kung pag-uusapan ang tulong sa kapakanan ni Allah). At kung sumapit na ang pangamba, ay iyong makikita sila na nakatitig sa iyo na ang kanilang mata ay namimilog na katulad ng isang nag-aagaw buhay. Datapuwa't kung ang pangamba ay nakalipas na, kayo ay hinahampas nila ng kanilang matatalim na dila, na maramot (sa paggugol) sa anumang mabuti (at matakaw lamang sa anumang labi ng digmaan at kayamanan). Ang ganitong mga tao ay walang pananalig kaya't ginawa ni Allah ang kanilang mga gawa na walang katuturan; at ito ay magaan kay Allah. 20. Inaakala nila na ang Al-Ahzab (mga magkakaanib, pederasyon) ay hindi pa nagsiurong; at kung

ang Al-Ahzab (mga magkakaanib, pederasyon) ay muling dumating, ay nanaisin nila na sila ay nasa disyerto (na namamayagpag) sa gitna ng mga Bedouin (mga Arabong nananahan sa disyerto), at naghahanap ng balita tungkol sa inyo (mula sa malayong lugar), at kung (mangyari) na sila ay nasa lipon ninyo, sila ay hindi lalaban maliban sa kakarampot lamang.

21. Katotohanang nasa Tagapagbalita ni Allah (Muhammad) ang isang mahusay na halimbawa upang sundin ng sinuman na umaasa (sa Pakikipagtipan) kay Allah at sa Huling Araw, at nag-aala-ala kay Allah nang labis. 22. At nang makita ng mga nananampalataya ang Al-Ahzab (lipon ng mga magkakaanib, pederasyon) sila ay nagsabi: "Ito ang ipinangako sa atin ni Allah at ng Kanyang Tagapagbalita (Muhammad), at si Allah at ang Kanyang Tagapagbalita (Muhammad) ay nagsabi ng katotohanan." At ito ay lalong nakadagdag sa kanilang pananampalataya at kasiglahan sa pagsunod (kay Allah). 23. Sa gitna ng mga nananampalataya ay mga tao na naging tapat sa kanilang kasunduan kay Allah (alalaong baga, sila ay pumalaot sa maka-Diyos na digmaan [Jihad] at hindi sila tumalikod sa mga hindi nananampalataya); ang iba sa kanila ay nakatupad sa kanilang mga tungkulin (alalaong baga, namatay sa labanan at naging martir), at ang iba sa kanila ay naghihintay pa rin; datapuwa't kailanman ay hindi nagbawa ang (kanilang pagpupunyagi) kahit na kaunti (alalaong baga, sila ay hindi naging taksil sa kasunduan na kanilang ginawa kay Allah). 24. Upang magantimpalaan ni Allah ang mga tao ng katotohanan sa kanilang pagiging makatotohanan (alalaong baga, ang kanilang pagsasakit na matupad ang kanilang

ipinagkasundo kay Allah), at parusahan Niya ang mga mapagkunwari kung ito ay Kanyang naisin o tanggapin ang kanilang pagsisisi at bigyan sila ng Habag. Katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

25. At itinaboy ni Allah ang mga hindi sumasampalataya (sa lahat) ng kanilang pagkapoot; wala silang napalang kapakinabangan (sa mga labi ng digmaan, yaman, atbp.); at sapat na si Allah sa mga sumasampalataya upang makipaglaban (sa pamamagitan ng pagsusugo ng daluyong at pulutong ng anghel). At si Allah ay Tigib ng Lakas, ang Pinakamataas sa Kapangyarihan. 26. At sila na mga Tao ng Kasulatan (Tribu ng Hudyo ng Banu Quraiza na hindi sumasampalataya) na tumulong sa kanila (na mga hindi sumasampalataya, ang mga kalaban), sila ay dinaklot ni Allah mula sa kanilang kanlungan at naghasik Siya ng lagim sa kanilang puso, (kaya't) ang isang pangkat (nila) ay inyong napatay, at ang ibang pangkat (nila) ay inyong naging mga bihag. 27. At Kanyang ginawa kayo na maging tagapagmana ng kanilang lupain, ng kanilang mga tahanan at kanilang mga ari-arian, at maging ang lupa na hindi ninyo napapasyalan noon. At si Allah ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

28. O Propeta (Muhammad)! Sabihin mo sa iyong mga asawa: "Kung inyong ninanasa ang buhay sa mundong ito at ang kanyang kinang, kung gayon, - kayo ay pumarito! Aking bibigyan kayo ng inyong ikaliligaya (at ikabubuhay) at kayo ay palalayain ko sa magandang paraan (diborsyo). 29. Datapuwa't kung hinahanap ninyo si Allah at ang Kanyang Tagapagbalita at ang Tahanan ng Kabilang Buhay, kung gayon, katotohanang si Allah ay naghanda sa Al-

Muhsinah (mga mapaggawa ng kabutihan) sa karamihan ninyo ng isang malaking gantimpala. 30. O kayong mga asawa ng Propeta! Kung sinuman sa inyo ang gumawa nang lantad at labag na pakikipagtalik (sa iba), ang kaparusahan ay magiging dalawang ulit sa kanya at ito ay lubhang magaan kay Allah.

31. Datapuwa't kung sinuman sa inyo ang maging matimtiman sa paglilingkod kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita at nagsisigawa ng katuwiran at kabutihan, sa kanya ay Aming ipagkakaloob ang gantimpala ng dalawang ulit, at Aming inihanda sa kanya ang Rizqan Kariman (nag-uumapaw na panustos, kasaganaan, - ang Paraiso). 32. O kayong mga asawa ng Propeta! Kayo ay hindi katulad (ng ibang) mga babae; kung kayo ay nangangamba (kay Allah), huwag kayong maging malambing sa inyong pagsasalita, baka kaya siya (ibang lalaki) na may kabulukan sa kanyang puso (may hangarin ng kalaswaan, pagkukunwari, pakikiapid, atbp.) ay matinag sa pagnanasa; datapuwa't mangusap kayo sa kanila ng salitang makatwiran.

33. At manatiling tahimik sa inyong mga tahanan, at huwag kayong gumawa ng nakakaakit na paglalantad ng inyong sarili na kagaya noong panahon ng kamangmangan at magsipag-alay kayo ng palagiang pagdarasal (Iqamat-us-Salah), magbigay ng Zakah (katungkulang kawanggawa) at sundin ninyo si Allah at ang Kanyang Tagapagbalita. Hinahangad lamang ni Allah na mawala ang lahat ng Ar-Rijs (mga masasamang gawa, kasalanan, atbp.) sa inyo, O kayong mga kasapi ng Pamilya (ng Propeta), at gawin kayong dalisay at walang bahid dungis. 34. At alalahanin (O kayong mga kasapi ng pamilya ng Propeta, ang mga biyaya

ng inyong Panginoon), ang mga dinadalit at ipinaparinig sa inyo sa inyong mga tahanan na mga Tanda (mga Talata ng Qur'an at Sawikain ng Propeta) ni Allah at Kanyang Karunungan; katotohanang si Allah ay Ganap na Mapitagan at Lubos na Nakakaalam ng lahat ng bagay.

35. Katotohanan, ang mga Muslim (sila na sumusuko kay Allah sa Islam), lalaki at babae, ang mga sumasampalatayang lalaki at babae (na nananalig sa Kaisahan ni Allah), ang mga matimtiman at masunuring lalaki at babae (kay Allah), ang mga lalaki at babae na nagsasabi ng katotohanan (sa kanilang pananalita at gawa), ang mga lalaki at babae na matiyaga (sa pagsasagawa ng lahat ng mga tungkulin na iniatas ni Allah at pag-iwas sa lahat ng Kanyang ipinagbabawal), ang mga lalaki at babae na nagpapakumbaba (sa harapan ng kanilang Panginoon, - Allah), ang mga lalaki at babae na nagbibigay ng kawanggawa (ang katungkulang kawanggawa, ang Zakah, [gayundin] ang boluntaryong kawanggawa tulad ng limos, tulong, atbp.), ang mga lalaki at babae na nag-aayuno (ang katungkulang pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan at mga boluntaryong pag-aayuno o Nawafil), ang mga lalaki at babae na nagpapanatili sa kanilang kalinisan (sa mga bawal na pakikipagtalik), ang mga lalaki at babae na labis na nag-aala-ala kay Allah sa pamamagitan ng kanilang mga dila at puso (habang nakaupo, nakatayo at nakahimlay at dumadalit ng mga pagpupuri at pagluwalhati sa Kanya), sa kanila ay inihanda ni Allah ang pagpapatawad at malaking gantimpala (alalaong baga, ang Paraiso). 36. Hindi marapat sa isang nananampalataya, lalaki man o babae, na kung ang isang bagay ay napagpasyahan na ni Allah at ng Kanyang Tagapagbalita, na magkaroon pa kayo ng pamimilian sa

kanilang pasya; at kung sinuman ang sumuway kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita, katotohanang siya ay napaligaw sa maling landas.

37. At alalahanin! Nang iyong sabihin sa kanya (Zaid ibn Harithah, ang pinalayang alipin ng Propeta) na nakatanggap ng biyaya (liwanag) mula kay Allah (sa pamamagitan nang pagbibigay ng patnubay sa kanya sa Islam) at ng iyong paglingap (O Muhammad, sa kanya): "Panatilihin mo sa iyo (sa pagkakaroon ng kasal) ang iyong asawa (Zainab), at pangambahan mo si Allah." Datapuwa't ikinubli mo (Muhammad) sa iyong puso (alalaong baga, ang bagay na ipinaalam na ni Allah sa iyo na siya [Zainab] ay Kanyang ibibigay sa iyo sa pag-aasawa), ang bagay na nais na maging lantad ni Allah; pinangambahan mo (Muhammad) ang mga tao (alalaong baga, na si Muhammad ay ikinasal sa diborsyadang asawa ng kanyang alipin), datapuwa't higit na katumpakan na ikaw (Muhammad) ay mangamba kay Allah. At nang pawalang bisa ni Zaid (ang kanyang kasal sa pamamagitan ng diborsyo) sa kanya [Zainab], ay Aming pinagsama kayo ([Muhammad at Zainab] sa kasal) upang sa gayon, (sa darating na panahon), ay wala ng maging sagabal sa mga sumasampalataya (tungkol sa bagay) ng kanilang pag-aasawa sa (naging) mga asawa ng kanilang mga ampong lalaki, kung ang huli (mga ampong lalaki) ay magpawalang bisa (ng kanilang kasal o magdiborsyo) sa kanila. At ang pag-uutos ni Allah ay marapat na maganap. 38. Hindi isang kasalanan sa Propeta ang anumang bagay na ginawang legal (pinahihintulutan) ni Allah sa kanya. Ito ang Pamamaraan ni Allah sa mga tao (mga Propeta) ng panahong lumipas. At ang Pag-uutos ni Allah ay isang Utos na naitakda na.

39. (Ito ang kinagisnan) ng mga nangangaral ng Mensahe ni Allah at nangangamba sa Kanya, at walang kinatatakutan maliban kay Allah. At Sapat na si Allah upang tawagin (ang mga tao) upang magsulit. 40. Si Muhammad ay hindi ama ng sinuman sa inyo, datapuwa't siya ang Tagapagbalita ni Allah at Sagka (Panghuli) sa lahat ng mga Propeta; at si Allah ang may Ganap na Kabatiran sa lahat ng bagay.

41. O kayong nagsisisampalataya! Alalahanin ninyo si Allah ng may ganap na pag-aala-ala; 42. At luwalhatiin ang Kanyang mga papuri sa umaga at hapon (ang pang-umagang [Fajr] panalangin at panghapong [Asr] panalangin). 43. Siya ang Tanging Isa na nagpapadala sa inyo ng Salat (Kanyang mga biyaya), gayundin ang ginagawa ng Kanyang mga anghel sa inyo (na nananawagan kay Allah na patawarin at basbasan kayo), upang kayo ay Kanyang maiahon mula sa kailaliman ng kadiliman (kawalan ng pananalig at pagsamba sa mga diyus-diyosan) tungo sa kaliwanagan (Tamang Pananampalataya at Kaisahan ni Allah sa Islam); at Siya ay Lagi nang Puspos ng Habag sa mga sumasampalataya. 44. Ang pagbati nila sa Araw ng kanilang pakikipagtipan sa Kanya ay "Salam: Kapayapaan!" [ang mga anghel ay babati sa kanila ng: "Salam-u-alaikum"] at inihanda na Niya sa kanila ang isang nag-uumapaw na Gantimpala (Paraiso).

45. O Propeta (Muhammad)! Katotohanang ikaw ay isinugo Namin bilang isang Saksi, isang tagapagtangan ng Masayang Balita at bilang isang Tagapagbabala. 46. At bilang isa na nag-aanyaya sa Habag ni Allah, sa Kanyang Kapahintulutan, at bilang isang Tanglaw na nagsasabog ng liwanag (sa pamamagitan ng iyong pagtuturo ng Qur'an, Sunna at mga paraan ng Propeta). 47. Kaya't ipagbadya ang

magandang balita sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Kanyang Tagapagbalitang si Muhammad), na sasakanila mula kay Allah ang nag-uumapaw na Biyaya.
48. At huwag mong sundin ang mga hindi sumasampalataya at mga mapagkunwari at huwag mong pansinin ang kanilang panlilibak, datapuwa't magtiwala ka kay Allah sapagkat Sapat na si Allah bilang isang Wakil (Mapagkakatiwalaan at Tagapagpaganap ng lahat ng mga pangyayari).
49. O kayong nagsisisampalataya! Kung inyong pinakasalan ang mga sumasampalatayang babae at sila ay inyong diniborsyo, bago ninyo sila sipingan, hindi kinakailangan na kayo ay magpalipas ng Iddat (paghihintay ng apat na buwanang regla) para sa kanila. Sila ay gawaran ninyo ng regalo, at inyong palayain (diborsyohin) sila sa magandang paraan.
50. O Propeta (Muhammad)! Ginawa Naming legal (nararapat ayon sa batas) sa iyo ang iyong mga asawa matapos na sila ay iyong gawaran ng Mahr (dote o alay na salapi na ibinibigay ng lalaki sa kanyang mapapangasawa sa sandali ng kasal), at gayundin sa mga angkin ng iyong kanang kamay (mula sa mga bihag ng digmaan, atbp.) na itinalaga ni Allah sa iyo; at mga anak na babae ng iyong Amm (mga amain sa ama), at mga anak na babae ng iyong Ammah (mga tiyahin sa ama), at mga anak na babae ng iyong Khal (mga amain sa ina), at mga anak na babae ng iyong Khalah (mga tiyahin sa ina) na nagsilikas (mula sa Makkah) na kasama ka; at sinuman sa mga sumasampalatayang babae na nag-aalay ng kanyang sarili sa Propeta, at kung ang Propeta ay nais na pakasalan siya; ito ay isang karapatan para sa iyo lamang, at hindi sa lahat (at karamihan) ng mga sumasampalataya.

Katotohanang Aming nababatid ang Aming itinalaga sa kanila na kanilang mga asawa at ang mga angkin ng kanilang kanang kamay, upang sa gayon ay hindi magkaroon ng sagabal sa iyo. At si Allah ay Lalagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

51. At ikaw (O Muhammad) ay maaaring magpaliban (sa nakatakdang sunuran) kung sino sa kanila (sa iyong mga asawa) ang iyong nais, at maaari mong tanggapin kung sino sa kanila ang iyong maibigan. At kung sinuman ang iyong maibigan sa kanila (na ang takdang sunuran) ay iyong ibinukod muna, hindi isang kasalanan sa iyo (kung iyong tanggapin siyang muli), ito ay higit na mabuti, upang sila ay makadama ng kaginhawahan at huwag manimdim, at silang lahat ay masiyahan sa anumang ibigay mo sa kanila. Nababatid ni Allah (ang lahat) ng nasa iyong puso; at si Allah ang Ganap na Nakakaalam, ang Lubos na Mapagpaumanhin. 52. Hindi nararapat sa iyo (ayon sa batas) ang mag-asawa pa (ng ibang babae) matapos ito, o palitan sila (ng ibang) asawa, kahit na ang kanilang kagandahan ay nakakaakit sa iyo, maliban na lamang sa kanila na angkin ng iyong kanang kamay. At si Allah ang Lagi nang Nagmamasid sa lahat ng bagay.

53. O kayong nagsisisampalataya! Huwag kayong pumasok sa mga bahay ng Propeta, maliban na lamang kung ang pahintulot ay ibinigay sa inyo sa pagkain (upang kumain), gayundin (ay huwag na lubhang maaga), na kayo ay naghihintay sa paghahanda (ng pagkain). Datapuwa't kung kayo ay inaanyayahan, kayo ay tumuloy, at kung matapos na kayong kumain, kayo ay lumisan, at huwag nang umupo tungo sa pag-uusap. Katotohanan, ang gayong (pag-uugali)

ay nakakasuya sa Propeta, at siya ay nahihiya (na magsabi) na umalis na kayo, datapuwa't si Allah ay hindi nakikimi (na sabihin) sa inyo ang katotohanan. At kung nais ninyong magtanong (sa kanyang mga asawa) nang anumang inyong naisin, mangusap kayo sa kanila sa likod ng lambong (may takip sa inyong pagitan); ito ay higit na nagpapadalisay sa inyong puso, gayundin sa kanilang puso. At hindi isang katumpakan sa inyo na inyong suyain ang Tagapagbalita ni Allah, o inyong pangasawahin ang kanyang mga asawa kung mawala na siya (matapos ang kanyang kamatayan). Katotohanan! Ang ganitong bagay sa Paningin ni Allah ay isang kakila-kilabot na kasamaan. 54. Kahit na inyong ilantad ang anumang bagay o ito ay inyong ilingid, katotohanang si Allah ang Lalagi nang Ganap na may Kaalaman sa lahat ng bagay.

55. Hindi isang kasalanan sa kanila (sa mga asawa ng Propeta, kung sila ay magpakita na hindi nalalambungan) sa harap ng kanilang ama, o ng kanilang mga anak na lalaki, o ng kanilang mga kapatid na lalaki, o sa mga anak na lalaki ng kanilang mga kapatid na lalaki, o sa mga anak na lalaki ng kanilang mga kapatid na babae, o ng kanilang (sumasampalatayang) kababaihan, o mga (babaeng) alipin na angkin ng kanilang kanang kamay, at panatilihin ninyo ang inyong tungkulin kay Allah. Katotohanang si Allah ang Lagi nang Lubos na Saksi sa lahat ng bagay.

56. Si Allah ang nagpapadala ng Kanyang Salat (mga Biyaya, Karangalan, Habag, Basbas, atbp.) sa Propeta (Muhammad), gayundin ang Kanyang mga anghel (na nananawagan kay Allah na basbasan at patawarin siya). O kayong nagsisisampalataya! Iparating ninyo sa kanya

(Muhammad) ang inyong Salat (ang Bendisyon na hiniling ninyo kay Allah), at inyong batiin siya ng may ganap na paggalang (alalaong baga, ang pagbati sa Islam: As-Salam-u-Alaikum- Ang kapayapaan ay sumainyo). 57. Katotohanan, ang mga nangyayamot kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita; si Allah ay sumusumpa sa kanila sa mundong ito at sa Kabilang Buhay, at Kanyang inihanda sa kanila ang isang kahiya-hiyang kaparusahan. 58. At sa mga nangyayamot sa mga sumasampalatayang lalaki at babae, at ito ay hindi nararapat, ay binibigyan nila ng pabigat ang kanilang sarili sa kasamaan ng paninirang puri at lantad na kasalanan.

59. O Propeta! Sabihin mo sa iyong mga asawa at mga anak na babae at sa mga sumasampalatayang babae na hindi nila dapat hubarin ang kanilang panglabas na kasuutan sa kanilang katawan (alalaong baga, ganap nilang balutin ang kanilang sarili ng kulambong at balabal maliban lamang sa mga mata upang kanilang makita ang daan, kung sila ay lumalabas ng bahay). Ito ay higit na mainam at magaan na sila ay maalaman (bilang mga malaya at kagalang-galang na kababaihan), upang sila ay hindi yamutin. At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 60. Kung ang mga mapagkunwari, at sila na ang kanilang puso ay may karamdaman (ng masamang pagnanasa sa laman, pangangalunya, atbp.), at sila na mapagkalat ng kasinungalingan sa karamihan ng mga tao sa Al-Madina, kung sila ay hindi magsisitigil, katotohanang Aming hahayaan na inyong madaig sila, at sila ay hindi makakapanatili rito bilang inyong kapitbahay kundi sa maigsing panahon lamang. 61. Na sinusumpa, saan man sila

matagpuan; sila ay sasakmalin at papatayin ng isang (kakila-kilabot) na pagpatay. 62. Ito ang pamamaraan ni Allah sa kaso ng mga pumanaw na noon pang una, at kayo ay hindi makakatagpo ng pagbabago sa pamamaraan ni Allah.

63. Ang mga tao ay nagtatanong sa iyo kung kailan ang Oras. Iyong ipagbadya: "Ang kaalaman dito ay kay Allah lamang. Ano ang inyong nalalaman? Maaaring ang Oras ay malapit na!" 64. Katotohanang si Allah ay sumumpa sa mga hindi sumasampalataya, at Kanyang inihanda sa kanila ang Naglalagablab na Apoy (Impiyerno), 65. Upang dito manahan magpakailanman; sila ay hindi makakahanap (dito) ng isang Wali (tagapagtanggol, tagapangalaga) o isa mang kawaksi. 66. Sa Araw na ang kanilang mukha ay ihaharap at igugulong sa lahat ng panig ng Apoy, sila ay magsasabi: "Kasawian sa amin! Dapat sana ay sumunod kami kay Allah at tumalima sa Kanyang Tagapagbalita (Muhammad)!" 67. At sila ay magsasabi: "Aming Panginoon! Katotohanang kami ay sumunod sa aming mga pinuno at aming mga dakilang (tao), at sila ang nagligaw sa amin sa (tamang) Landas. 68. "Aming Panginoon! Inyong gawaran sila ng magkatambal na kaparusahan at Inyong sumpain sila ng matinding Panunumpa!"

69. O kayong nagsisisampalataya! Huwag kayong tumulad sa mga nananakit (ng kalooban) ni Moises, datapuwa't si Allah ang nagpatunay ng kanyang kawalang kasalanan sa mga ibinibintang sa kanya, at siya ay karangal-rangal sa Paningin ni Allah. 70. O kayong nagsisisampalataya! Panatilihin ninyo ang inyong tungkulin kay Allah at pangambahan Siya, at kayo ay laging magsabi ng katotohanan. 71. Ituturo Niya sa inyo ang paggawa ng katuwiran at mabubuting bagay

at magpapatawad ng inyong mga kasalanan. At sinumang sumunod kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita, ngayon pa man, katiyakang siya ay nakapagtamo ng malaking tagumpay (alalaong baga, siya ay maliligtas sa Apoy ng Impiyerno at tatanggapin sa Paraiso).

72. Katotohanang Aming ibinigay ang Al-Amanah (ang Tiwalang Lagak o moral na pananagutan o katapatan sa lahat ng mga tungkulin na ipinag-utos ni Allah) sa kalangitan at kalupaan, at sa kabundukan, datapuwa't tumanggi sila na dalhin ito at sila ay nangangamba rito (alalaong baga, sila ay natatakot sa parusa ni Alalh), datapuwa't ang tao ay nagpasan nito. Katotohanang siya ay hindi makatarungan (sa kanyang sarili) at walang muwang (sa magiging bunga).
73. Kaya't si Allah ang magpaparusa sa mga mapagkunwari, mga lalaki at babae, at sa mga lalaki at babae na nag-aakibat ng mga katambal sa pagsamba sa Kanya (Allah). At si Allah ang tatanggap ng pagsisisi (magpapatawad) ng mga sumasampalataya, mga lalaki at babae. At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

Surah 34 • Saba

Sheba

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ang lahat ng pagluwalhati at pasasalamat ay kay Allah, tanging Siya ang nag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan. Sa Kanya ang pagpaparangal

at pasasalamat sa Kabilang Buhay; at Siya ay Puspos ng Karunungan, ang Tigib ng Kaalaman. 2· Talastas Niya kung ano ang pumapasok sa kalupaan at kung ano ang lumalabas mula rito; kung ano ang lahat nang mga nananaog sa alapaap (kalangitan) at kung ano ang lahat nang mga pumapanhik doon. At Siya ang Pinakamaawain, ang Malimit na Nagpapatawad.

3· Ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Hindi kailanman sasapit sa amin ang Oras". Ipagbadya: "Hindi! Walang pagsala, sa pamamagitan ng aking Panginoon, ito ay daratal sa inyo." (Si Allah), Siya ang Ganap na Nakakaalam ng nalilingid; maging ang timbang ng isang atomo (o isang maliit na langgam) o anumang bagay na maliit pa rito o malaki, sa kalangitan at kalupaan, ay hindi makakahulagpos sa Kanyang Karunungan (ang lahat), bagkus ay nasa loob ng isang Maliwanag na Talaan (Al-Lauh-Al-Mahfuz). 4· Upang Kanyang magantimpalaan ang mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at nagsisigawa ng katuwiran at kabutihan; sila, sasakanila ang pagpapatawad at Rizqun Karim (panustos na nag-uumapaw, alalaong baga, ang Paraiso). 5· Datapuwa't sila na nagsisikap na kalabanin ang Aming Ayat (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral, atbp.) upang sila ay kanilang siphayuin, sila, sasakanila ang kasakit-sakit na kaparusahan. 6· At sa mga pinagkalooban ng karunungan, nakikita nila na ang ipinahayag sa iyo (O Muhammad) mula sa iyong Panginoon ay siyang Katotohanan, at namamatnubay tungo sa Landas ng isang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Nagmamay-ari ng lahat ng pagpupuri.

7· Ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Amin

ba kayong patutunguhin sa isang tao (Muhammad) na magsasabi sa inyo na kung (ang inyong mga buto) ay malansag na at maging abo at magsikalat, sa kalaunan, kayo ay (muling ibabangon) sa pagkalikha?" 8. Siya ba (Muhammad) ay kumatha (naggawa-gawa) ng kasinungalingan laban kay Allah, o mayroon bang pagkabaliw sa kanya? Hindi, datapuwa't sila na hindi sumasampalataya sa Kabilang Buhay ay tahasang (ang kanilang sarili) ay nasa tunay na kaparusahan, at nasa kamalian na lubhang malayo. 9. Hindi baga nila napagmamasdan kung ano ang nasa harapan nila at kung ano ang nasa likuran nila, ng alapaap (kalangitan) at kalupaan? Kung Aming naisin, magagawa Naming lagumin sila ng kalupaan o hayaang ang bahagi ng alapaap (kalangitan) ay bumagsak sa kanila. Katotohanang naririto ang isang Tanda sa bawat matapat na nananampalataya (nananalig sa Kaisahan ni Allah) at bumabaling kay Allah (sa lahat ng mga pangyayari ng may kapakumbabaan at sa pagsisisi.)

10. At katiyakang Aming iginawad noon pang una ang Biyaya kay David mula sa Amin (na nagsasabi): "O kayong kabundukan! Luwalhatiin ninyo (si Allah) na kasama siya! Gayundin kayong mga Ibon! At ginawa Namin ang bakal na malambot sa kanya," 11. Na nag-uutos: "Gumawa ka ng pulidong baluti (kutamaya) na ganap na pantay ang mga sinsing ng kadenang baluti, at magsigawa kayo (mga tao) ng kabutihan. Katotohanang Ako ang Ganap na Nakakamasid ng lahat ninyong ginagawa."

12. At kay Solomon, (Aming ipinailalim) ang hangin na maging masunurin sa kanya; ang kanyang umaga (na ang malalaking hakbang mula sa pagsikat ng araw hanggang

sa tanghali) ay katumbas ng isang buwan (na paglalakbay); at ang kanyang gabi (na ang malalaking hakbang mula sa tanghali hanggang sa pagkiling ng araw sa takipsilim) ay katumbas ng isang buwan (na paglalakbay, alalaong baga, sa isang araw, siya ay makakapaglakbay ng katumbas ng dalawang buwang paglalakbay). At hinayaan Namin na ang Bukal ng (tunaw) na tanso ay umagos sa kanya, at mayroong mga Jinn na nagtatrabaho sa harapan niya, mula sa pahintulot ng kanyang Panginoon, at sinuman sa kanila ang sumuway sa Aming Pag-uutos, Aming hahayaan na malasap niya ang kaparusahan ng naglalagablab na Apoy.
13. Sila ay nagtrabaho sa kanya kung ano ang kanyang ninais (na gumagawa ng mga arko o matataas na silid, mga imahen, mga palanggana na kasinlaki ng imbakang balon, at mga [lutuang] kaldero na nakapirmi sa kanilang kinalalagyan). "Magsipagtrabaho kayo, o angkan ni David, ng may pasasalamat!" Datapuwa't kakaunti sa kanila ang may pasasalamat!
14. At nang igawad Namin (kay Solomon) ang kanyang kamatayan, walang sinuman ang nagbalita sa kanila (mga Jinn) ng kanyang kamatayan, maliban sa isang maliit na uod sa lupa na patuloy na (marahang) ngumangatngat ng kanyang tungkod; kaya't nang siya ay mapaupo, ang mga Jinn ay maliwanag na nakakita, na kung nalalaman lamang nila ang mga nakalingid na bagay, sila (sana) ay hindi nanatili sa kahiya-hiyang kaparusahan.
15. Katotohanang mayroon kay Saba (Sheba) ng isang Tanda sa kanilang tirahan, - dalawang halamanan sa kanan at sa kaliwa (at sa kanila ay ipinagbadya): "Inyong kainin ang panustos ng inyong Panginoon at tumanaw ng

utang na loob sa Kanya; isang lugar na mabuti at masaya; at ang inyong Panginoon ay Lagi nang Nagpapatawad! 16. Datapuwa't nagsitalikod sila (sa pagsunod kay Allah), kaya't ipinadala Namin laban sa kanila ang Sail Al-Arim (baha [tubig] na [pinawalan] mula sa mga prinsa o dam), at Aming ginawa ang kanilang dalawang halamanan na mamunga ng mapapait na bungangkahoy, at ng tamarisko, at ilang punong lote. 17. Ito ang ganti na Aming ibinigay sa kanila sapagkat sila ay walang utang na loob at nagtatakwil ng pananampalataya. At hindi kailanman Kami naniningil sa gayong paraan maliban sa mga walang pasasalamat at walang pananalig.

18. At inilagay Namin sa pagitan nila at sa mga bayan na Aming biniyayaan, ang mga bayan na madaling matagpuan, at ginawa Namin ang mga antas ng (paglalakbay) sa kanilang pagitan na maginhawa (na nagsasabi:) "Magsipaglakbay kayo rito ng ligtas sa gabi at araw." 19. Datapuwa't sila ay nagsabi: "Aming Panginoon! Gawin Ninyong ang mga antas sa pagitan ng aming paglalakbay ay mahahaba," at ipinahamak nila ang kanilang sarili sa pagkakamali, kaya't Aming ginawa silang mga kuwento (sa kalupaan), at Aming itinaboy silang lahat na ganap na nakakalat. Katotohanang naririto ang tunay na mga Tanda sa mga matitiyaga at may pasasalamat (na tao).

20. At katotohanang si Iblis (Satanas) ang nagpatunay kung ano ang kanyang akala sa kanila, at sila ay sumunod sa kanya (Satanas), lahat sila, maliban sa isang lipon ng mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah). 21. At siya (si Iblis o si Satanas) ay walang kapamahalaan sa kanila, - maliban na Aming masubukan ang tao, na sumasampalataya sa

Kabilang Buhay mula sa kanya na may pag-aalinlangan tungkol dito. At ang iyong Panginoon ay isang Hafiz sa lahat ng bagay (ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ng bagay, alalaong baga, Siya ang nagtatangan ng Talaan ng bawat isang tao hinggil sa kanyang mga gawa at Siya ang magbibigay ng gantimpala sa kanila ayon sa kanilang ginawa).

22. Ipagbadya (O Muhammad, sa kanila na mga pagano at mapagsamba sa mga diyus-diyosan, atbp.): "Inyong tawagan sila na inyong mga (diyus-diyosan) na inyong pinapangarap (at iniaakibat) maliban pa kay Allah; sila ay walang kapangyarihan, sila ay hindi nag-aangkin kahit na isang timbang ng atomo (o isang maliit na langgam), - maging sa kalangitan at kalupaan, at wala rin silang kahati sa alinman, at wala rin Siyang anumang kawaksi mula sa kanila. 23. At ang anumang pamamagitan sa Kanya ay hindi magbibigay ng kapakinabangan, maliban sa kanila na binigyan Niya ng pahintulot. Hanggang kung ang pangamba ay mawaksi sa kanilang (mga anghel) puso, sila (mga anghel) ay nagsasabi: "Ano nga ang sinabi ng inyong Panginoon?" Sila ay magsasabi: "Ang Katotohanan". At Siya ang Kataas-taasan, ang Pinakadakila.

24. Ipagbadya (O Muhammad, sa kanila na mga pagano at mapagsamba sa mga diyus-diyosan, atbp.): "Sino ang nagbigay sa inyo ng pagkain (at panustos) mula sa kalangitan at kalupaan?" Ipagbadya: "Si Allah; at katiyakan na maaaring kami o kayo ang nasa tamang patnubay o sa maliwanag na kamalian!" 25. Ipagbadya (O Muhammad, sa kanila na mga pagano at mapagsamba sa mga diyus-diyosan, atbp.): "Ikaw ay hindi tatanungin hinggil sa aming mga

kasalanan, at gayundin, kami ay hindi tatanungin tungkol sa inyong ginawa." 26. Ipagbadya: "Ang ating Panginoon ang magtitipon sa atin nang sama-sama (sa Araw ng Muling Pagkabuhay), at sa katapusan, Siya ang magpapasya sa mga bagay sa pagitan natin, sa katotohanan at katarungan; at Siya ang Tanging Magpapasya, ang Tanging Hukom na Tigib ng Kaalaman." 27. Ipagbadya (O Muhammad, sa kanila na mga pagano at mapagsamba sa mga diyus-diyosan): "Ipakita ninyo sa akin, sila na inyong iniaakibat bilang mga katambal sa Kanya. Hindi, (walang anumang katambal Siya sa anumang kaparaanan)! Datapuwa't (tanging) Siya si Allah, ang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Sukdol sa Karunungan."

28. At ikaw (O Muhammad) ay hindi Namin isinugo maliban na isang Tagapagbalita sa buong sangkatauhan, na magbibigay sa kanila ng masayang balita, at isang Tagapagbabala sa kanila (sa kasalanan), datapuwa't ang karamihan sa kanila ay walang kaalaman. 29. At sila ay nagsasabi: "Kailan ba (matutupad) yaong ipinangako mo sa amin (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay), kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan?" 30. Ipagbadya (O Muhammad): "Ang pakikipagtiyap sa inyo ay sa takdang Araw, na hindi ninyo maaaring iurong kahit na sa isang oras (o isang sandali lamang) at hindi rin ninyo maaaring gawin na maaga."

31. At sila na hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Kami ay hindi naniniwala sa Qur'an o sa anumang kasulatan na una pa rito." Datapuwa't kung inyong mapagmamasdan ang Zalimun (mga tampalasan, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian, buktot, atbp.), kung

sila ay haharap na sa kanilang Panginoon, kung paano sila magpapalitan ng salita (na nagsisisihan) sa isa't isa! Sila na itinuturing na mahihina ay magsasabi sa kanila na mga palalo: "Kung hindi dahil sa inyo, sana ay naging mananampalataya kami!" 32. At sila na mga palalo ay magsasabi sa mga itinuturing na mahihina: "Pinigilan ba namin kayo na matanggap ang patnubay matapos na ito ay dumatal sa inyo? Hindi, datapuwa't kayo ang Mujrimun (mapagsamba sa mga diyus-diyosan, makasalanan, kriminal, palasuway kay Allah, mapaglabag sa kautusan, atbp.)." 33. Sila na inaakalang mahihina ay magsasabi sa kanila na mga palalo: "Hindi! Datapuwa't ito ang inyong pakana sa gabi at araw. Pagmasdan! Kayo (ang patuloy) na nag-uudyok sa amin na mawalan ng pananalig at utang na loob ng pasasalamat kay Allah at magtambal ng iba pa sa Kanya!" At ang bawat isa (sa kanilang pangkat) ay mapupuspos ng pagsisisi (sa kanilang pagsuway kay Allah sa buhay sa mundong ito), kung kanilang mamalas ang kaparusahan. Magpupulupot Kami ng kadenang bakal sa leeg ng mga hindi sumasampalataya. Ito ay kabayaran lamang sa kanilang (masasamang) gawa.

34. At hindi Kami nagsugo ng isang Tagapagbabala sa isang bayan, na hindi nagsabi yaong mga ginawaran ng makamundong kayamanan at karangyaan (sa buhay na ito) ng: "Hindi kami naniniwala sa (Mensahe) na ipinadala sa iyo." 35. At sila ay nagsasabi: "Kami ay higit na nag-aangkin ng mga kayamanan at mga anak na lalaki, at kami ay hindi mapaparusahan." 36. Ipagbadya (O Muhammad): "Katotohanan, ang aking Panginoon ang nagpaparami o naghihigpit ng biyayang panustos sa sinumang Kanyang

maibigan, datapuwa't ang karamihan ng mga tao ay walang kaalaman." 37. At hindi ang inyong mga kayamanan o mga anak na lalaki ang magdadala sa inyo upang mapalapit kayo ng antas sa Amin (alalaong baga, ang nakakalugod kay Allah); nguni't sila lamang na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at nagsisigawa ng kabutihan; sila ang gagantimpalaan ng maraming biyaya dahilan sa kanilang pag-uugali, at sila ay ligtas na mananahan sa matatayog na tirahan (Paraiso) sa katahimikan at kapanatagan. 38. At sila na nagsisikap laban sa Aming Ayat (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral, atbp.) upang sila ay siphayuin, sila ay ibibigay sa kaparusahan. 39. Ipagbadya: "Katotohanan, ang aking Panginoon ang nagpapasagana at nagpapadahop ng panustos na kabuhayan sa Kanyang mga alipin na Kanyang maibigan, at anumang bagay na gugulin ninyo (tungo sa Kapakanan ni Allah), katiyakang ito ay Kanyang pinapalitan, sapagkat Siya ang Pinakamainam sa lahat ng mga nagbibigay ng panustos.

40. At (alalahanin) ang Araw na Kanyang titipunin silang lahat, at sasabihin sa mga anghel: "Kayo ba ang mga sinasamba ng mga taong ito?" 41. Sila (mga anghel) ay magsasabi: "Ang Kaluwalhatian ay sa Inyo! Kayo ang tunay naming Wali (Panginoon, Tagapangalaga, Tagapagtanggol) at hindi sila. Hindi, sila ay sumamba sa mga Jinn; ang karamihan (sa mga tao) ay naniniwala sa kanila (mga Jinn)." 42. Kaya't sa Araw na yaon (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay), walang sinuman sa inyo ang may kapangyarihan na magbigay ng kapakinabangan o kapinsalaan sa bawat isa; at Aming ipagbabadya sa mga tampalasan (alalaong baga, sila na sumamba sa iba pa tulad

ng mga anghel, Jinn, propeta, banal na tao, santo, espiritu, krus, imahen, atbp. maliban pa kay Allah): "Lasapin ninyo ang kaparusahan ng Apoy na inyong itinatakwil!"

43· At kung ang Aming Maliliwanag na mga Talata ay dinadalit sa kanila, sila ay nagsasabi: "Siya (Muhammad) ay isa lamang tao na nagnanais na hadlangan kayo (sa pagsamba) sa kinagisnan ng inyong mga ninuno." At sila ay nagsasabi: "Ito ay isa lamang kasinungalingan na kinatha!" At ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi (laban) sa Katotohanan nang ito ay dumatal sa kanila (alalaong baga, si Propeta Muhammad na isinugo ni Allah sa kanila na may dalang mga katibayan, kapahayagan, tanda, aral, atbp.): "Ito ay wala ng iba maliban sa maliwanag na panlilinlang (o mahika)!" 44· Datapuwa't sila ay hindi Namin pinadalhan ng mga Kasulatan na kanilang mapag-aaralan, gayundin (Kami) ay hindi nagsugo sa kanila ng tagapagbabala, bago pa sa iyo (O Muhammad). 45· At sila na nauna sa kanila ay nagpasinungaling (sa katotohanan), sila ay hindi nagsitanggap maging ng ikasampung bahagi (1/10) ng mga iginawad Namin sa kanila (noong una); datapuwa't sila ay nagpabulaan sa Aking mga Tagapagbalita, kaya't (pagmasdan) kung gaano katindi ang Aking kaparusahan!

46· Ipagbadya sa kanila (O Muhammad): "Kayo ay aking pinaaalalahanan sa isang (bagay) lamang; na kayo ay magsitindig sa harapan ni Allah maging (kayo) ay dalawa o nag-iisa; at magsipagmuni-muni (kayo sa inyong sarili, sa naging buhay ng Propeta), ang inyong Kasama (Muhammad) ay hindi inaalihan (ng demonyo); siya ay hindi hihigit pa sa isang tagapagbabala, (upang paalalahanan kayo) sa harapan ng kasakit-sakit na kaparusahan." 47· Ipagbadya (O

Muhammad): "Ang anumang kabayaran (o gantimpala) na aking hiniling sa inyo ay sa inyo; ang aking gantimpala ay mula kay Allah lamang; at Siya ang Saksi sa lahat ng bagay."

48. Ipagbadya (O Muhammad): "Katotohanan! Ang aking Panginoon ay nagpapanaog ng inspirasyon upang maging maliwanag ang Katotohanan (alalaong baga, ang Kapahayagan na dumatal sa akin); Siya ang Lubos na Nakakaalam ng lahat ng nalilingid." 49. Ipagbadya (O Muhammad): "Ang Katotohanan (ang Qur'an at inspirasyon mula kay Allah) ay dumatal na at ang Al-Batil (kasinungalingan, kabulaanan, Satanas o Iblis) ay hindi makakagawa ng anuman o makapagbabalik ng buhay (ng anuman)." 50. Ipagbadya: "Kung ako (man) ay naliligaw, ako ay maliligaw lamang sa kapariwaraan ng aking sariling kaluluwa; datapuwa't kung ako ay patuloy na napapatnubayan; ito ay dahilan sa inspirasyon na ipinagkaloob sa akin ng aking Panginoon; katotohanang Siya ang Ganap na Nakakarinig at Laging Malapit (sa lahat ng bagay)." 51. Kung inyo lamang mapagmamasdan sa sandaling sila ay magimbal sa pagkatakot, datapuwa't (sila) ay walang matatakasan, at sila ay sasakmalin mula sa malapit na lugar. 52. At sila ay magsasabi (sa Kabilang Buhay): "Kami ay sumasampalataya (na ngayon) sa (katotohanan); datapuwa't paano nila matatanggap (ang Pananampalataya at ang pagdinig ni Allah sa kanilang pagtitika), sa pook ng katayuan na lubhang malayo (alalaong baga, ang muling makabalik sa dating buhay sa mundo). 53. Katotohanang sila ay nagtakwil sa pananampalataya (sa Kaisahan ni Allah, sa Islam, sa Qur'an at kay Muhammad nang lubusan), noon (sa mundong ito), at sila ay nag-alinlangan (tungkol) sa bagay na

nakalingid (alalaong baga, ang Kabilang Buhay, Impiyerno, Paraiso, Muling Pagkabuhay, sa Pangako ni Allah, atbp., sa pagsasabi na ang lahat ng mga ito ay kabulaanan) sa malayong lugar? 54. At sa pagitan nila at ng kanilang pagnanasa (alalaong baga, ang hangaring tumanggap sa Pananampalataya) ay ititindig ang isang sagka, na tulad din nang ginawa sa mga unang tao na kanilang kauri. Katotohanang sila ay nasa malaking pag-aalinlangan.

Surah 35 • Fatir o Malaika

Ang Nagsimula ng Paglikha o Ang Mga Anghel

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ang lahat ng pagluwalhati at pasasalamat ay kay Allah, ang (tanging) Nagpasimula ng Paglikha (Tanging Manlilikha) sa kalangitan at kalupaan, na lumikha sa mga anghel na tagapagbalita ng may pakpak,- dalawa o tatlo o apat (na magkakatambal). Siya ang nagdaragdag sa paglikha sa anumang Kanyang maibigan. Katotohanang Siya ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay. 2. Anumang maibigan ni Allah mula sa Kanyang Habag (Kabutihan), na nais Niyang ipagkaloob sa sangkatauhan, walang sinuman ang makakahadlang; at anumang Kanyang hadlangan, walang sinuman ang makapagkakaloob (liban sa Kanya); at Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

3. O sangkatauhan! Alalahanin ninyo ang mga biyaya ni Allah na ipinagkaloob sa inyo! Mayroon pa bang ibang

Manlilikha maliban kay Allah ang makapagbibigay sa inyo mula sa alapaap ng panustos (na ulan) at sa kalupaan? La ilaha ill Allah (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya). Bakit kayo lumalayo (sa Kanya)? 4· At kung ikaw (O Muhammad) ay kanilang itakwil, na kagaya rin ng mga Tagapagbalita na nauna sa iyo; ang lahat ng mga pangyayari ay kay Allah magbabalik (upang pagpasyahan).

5· O sangkatauhan! Katotohanan, ang pangako ni Allah ay tunay, kaya't huwag hayaan ang pangkasalukuyang buhay na ito ay makalinlang sa inyo, at huwag ding hayaan ang Pinunong Manlilinlang (Satanas) ay dumaya sa inyo tungkol kay Allah. 6· Katotohanang si Satanas ay isa ninyong kaaway; kaya't ituring siya na isang kaaway. Kanya lamang inaanyayahan ang kanyang Hizb (mga tagasunod) upang sila ay magsipanirahan sa Naglalagablab na Apoy. 7· Sa mga nagtatakwil kay Allah, sila ay may kabayaran ng kasakit-sakit na kaparusahan, datapuwa't sila na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at nagsisigawa ng kabutihan ay (may kapalit) na kapatawaran at kamangha-manghang gantimpala (alalaong baga, ang Paraiso).

8· Siya kaya na ang kasamaan ng kanyang mga gawa ay ginawang kabigha-bighani sa kanya (ay katulad ng isang matuwid na napapatnubayan)? Katotohanang si Allah ang nagliligaw sa sinumang Kanyang maibigan at namamatnubay sa sinumang Kanyang naisin. Kaya't huwag mong pahirapan ang iyong sarili (kaluluwa) sa pamimighati sa kanila, katiyakang si Allah ang Ganap na Nakakaalam ng lahat nilang ginagawa!

9· Si Allah ang nagpapadala ng hanging habagat upang

maitaas nito ang mga ulap, at itinaboy Namin ang mga ito (mga ulap) sa patay (tigang) na lupa, at (Aming) binuhay ang kalupaan pagkaraang mamatay (maging tigang). Ganito (ang mangyayari) sa Pagkabuhay (na mag-uli)! 10. Sinuman ang maghanap ng karangalan at kapangyarihan, kung gayon, si Allah ang nag-aangkin ng lahat ng karangalan at kapangyarihan (at siya ay magkakamit lamang ng karangalan sa pamamagitan nang pagtalima at pagsamba kay Allah). Sa Kanya ay pumapanhik (ang lahat) ng mga dalisay na salita, at Siya ang nagpapadakila sa mga mababuting gawa (alalaong baga, ang mga dalisay na salita ay hindi tinatanggap ni Allah maliban na ito ay nalalakipan ng mabuting gawa). At sila na nagpapakana ng kasamaan, sasakanila ang kahindik-hindik na kaparusahan; at ang pagpapakana nila ay walang patutunguhan. 11. At si Allah ang lumikha sa iyo (Adan) mula sa alabok; at sumunod ay mula sa Nutfa (magkahalong semilya ng lalaki at babae, sa kanyang mga supling), at Kanyang ginawa kayo na magkapares (lalaki at babae). At walang babae ang magbubuntis o manganganak nang hindi Niya batid. At walang sinumang may gulang na tao na biniyayaan ng mahabang buhay, o binawasan ng bahagi ng kanyang buhay (o ng buhay ng iba pang tao) ang hindi nasa isang takdang Talaan (Al-Lauh-Al-Mahfuz). Katotohanang ito ay magaan lamang kay Allah.

12. At ang dalawang dagat (uri ng tubig) ay hindi magkatulad. Ang isa ay maiinom at manamis-namis sa panlasa, ang isa ay maalat at mapait (sa panlasa). Datapuwa't sa magkaibang uri ng tubig, kayo ay kumakain ng sariwa at malambot na laman (isda); at kayo ay nakakakuha ng mga palamuti na naisusuot; at napagmamasdan ninyo ang mga

barko na (humihiwa sa tubig) habang naglalayag dito; upang kayo ay makasumpong ng Kasaganaan ni Allah at kayo ay magkaroon ng damdamin ng pasasalamat. 13· Pinaglalagom Niya ang gabi sa araw (alalaong baga, ang pag-igsi ng mga oras sa gabi ay idinadagdag sa mga oras ng maghapon) at pinaglalagom Niya ang araw sa gabi (alalaong baga, ang pag-igsi ng mga oras sa maghapon ay idinadagdag sa mga oras ng gabi); at ipinailalim Niya (sa Kanyang kapangyarihan at batas) ang araw at buwan, ang bawat isa (sa kanila) ay umiikot (tumatakbo) sa takdang daan sa natataningang panahon. Siya si Allah, ang inyong Panginoon, Siya ang nag-aangkin ng lahat ng Kaharian at Kapamahalaan. Ang inyong sinasamba maliban pa sa Kanya ay hindi man lamang nag-aangkin kahit na isang Qitmir (isang manipis na hibla ng buto ng palmera [datiles]). 14· At kung sila ay inyong pinamimintuhunan, sila ay hindi nakakarinig sa inyong panawagan, at kung sila (man) ay makakarinig, sila ay hindi makakasagot o makapagbibigay sa inyong (paninikluhod). At sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay kanilang itatatwa ang inyong pagtatambal (sa kanila sa pagsamba kay Allah) at paninikluhod. At walang sinuman (O Muhammad) ang katulad Niya na makakapagbigay alam sa iyo sapagkat Siya ang Ganap na Nakakaalam (ng bawat isa at lahat ng bagay).

15· O sangkatauhan! Kayo ang nangangailangan (ng tulong) ni Allah; datapuwa't si Allah ay hindi nangangailangan (ng tulong) ninuman, ang karapat-dapat sa lahat ng mga papuri. 16· Kung Kanyang naisin, kayo ay mawawasak Niya at makakagawa Siya ng ibang nilikha. 17· At ito ay hindi mahirap kay Allah. 18· At walang sinumang may sala ang maaaring magdala ng sala ng iba. At kung sinuman ang nabibigatan

at tumawag siya ng iba (upang dalhin) ang kanyang pasan, kahit na ang isang maliit na bahagi nito ay hindi maaaring dalhin (ng iba), maging ito man ay malapit sa kanya (kamag-anak). Ikaw (O Muhammad) ay makakapagbigay babala lamang sa mga may pangangamba kay Allah na hindi nakikita, at nagsasagawa ng palagiang pagdarasal (Iqamat-us-Salah). At sinuman ang nagpapadalisay sa kanyang sarili (sa lahat ng mga kasalanan) ay gumagawa nito sa kapakanan ng kanyang kaluluwa; at ang Huling Hantungan ng lahat ay kay Allah.

19. Ang bulag (walang pananalig sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at nakakakita (nananampalataya kay Allah at sa Islam) ay hindi magkatulad; 20. Gayundin (hindi magkatulad) ang kailaliman ng kadiliman (kawalang pananalig) at liwanag (pananampalataya); 21. Gayundin (hindi magkatulad) ang lilim at sikat ng araw; 22. Gayundin (hindi magkatulad) ang mga buhay (mga sumasampalataya) at mga patay (walang pananampalataya). Katotohanang magagawa ni Allah na makarinig ang sinuman na Kanyang maibigan; datapuwa't hindi ninyo magagawa na makarinig ang (mga nakalibing) sa kanilang puntod. 23. Ikaw (O Muhammad) ay wala ng iba maliban sa isang tagapagbabala (alalaong baga, ang iyong tungkulin ay maiparating ang Mensahe ni Allah sa sangkatauhan, datapuwa't ang Patnubay ay nasa Kamay ni Allah). 24. Tunay ngang ikaw (O Muhammad) ay isinugo Namin ng may Katotohanan, bilang isang tagapagdala ng magandang balita, at bilang isang tagapagbabala; at walang sinumang pamayanan ang nabuhay dito noon pa mang una ang hindi nagkaroon ng tagapagbabala sa kanilang lipon. 25. At kung ikaw man ay itinakwil nila, gayundin ang kanilang

mga ninuno noong una na nagpabulaan sa dumatal na mga Tagapagbalita sa kanila na may maliwanag na mga Tanda, mga Kasulatan, at Aklat na nagbibigay ng kaliwanagan. 26. Sa huli ay Aking pinarusahan ang mga nagtakwil ng pananampalataya; at (pagmasdan) kung gaano katindi ang Aking pagtatakwil (pagpaparusa)!

27. Hindi baga ninyo namamasdan na si Allah ang nagpapamalisbis ng tubig (ulan) mula sa alapaap? Sa pamamagitan nito ay inilabas Namin ang iba't ibang ani (bunga ng halaman) na sari-sari ang kulay. At sa gitna ng kabundukan ay may mga landas na puti at pula, at iba't ibang kulay, at (ang iba) ay lubhang maitim. 28. At sa mga tao at Ad-Dawab (mga nilikhang bagay na may buhay at gumagalaw, mga hayop, atbp.) at mga bakahan, sa magkatulad na paraan ay iba't iba ang kulay. Ang tunay na nangangamba kay Allah sa gitna ng Kanyang mga alipin ay yaong may karunungan; katotohanang si Allah ay Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Malimit na Nagpapatawad.

29. Katotohanang sila na dumadalit ng Aklat ni Allah (ang Qur'an), at nag-aalay ng palagiang pagdarasal (Iqamat-as-Salah), at gumugugol sa kawanggawa mula sa mga biyaya na Aming ipinagkaloob sa kanila, nang hayagan at lingid, ay makakaasa sa (tiyak) na tubo (kapakinabangan) na hindi kailanman maglalaho. 30. Upang mabayaran Niya nang ganap ang kanilang kinita, at magbigay sa kanila (ng higit pa) mula sa Kanyang Habag; katotohanang Siya ay Malimit na Nagpapatawad at Higit na Nagbibigay Pahalaga (sa mga mabubuting gawa at sa Kabayaran). 31. At kung ano ang Aming binigyang inspirasyon sa iyo (O Muhammad) sa Aklat (ang Qur'an) ay yaong (sukdol) na Katotohanan (na

ikaw, O Muhammad at ang iyong mga tagasunod ay marapat na magsagawa ayon sa mga tagubilin); na nagpapatotoo sa ipinahayag noon pang una. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakakaalam at Ganap na Nakakamasid sa lahat ng Kanyang mga alipin.

32. At Aming iginawad ang Aklat (Qur'an) bilang pamana sa Aming mga alipin na Aming pinili (ang mga tagasunod ni Muhammad), datapuwa't mayroong ilan sa karamihan nila ang nagpahamak sa kanilang sarili (kaluluwa); ang iba sa kanila ay sumusunod sa gitnang daan (naniniwala sa ilan at nagtatakwil sa iba); at ang iba pa, sa kapahintulutan ni Allah ay namumukod tangi sa kanilang magandang pag-uugali. At ang (pagmamana ng Qur'an), katiyakang ito ay isang dakilang Biyaya. 33. Sa Halamanan ng Walang Hanggan (Paraiso), rito sila ay magsisipasok; at sila ay papalamutihan ng mga pulseras na ginto at perlas; at dito ang kanilang kasuutan ay sutla. 34. At sila ay magsasabi: "Luwalhatiin at pasalamatan si Allah na Siyang nag-alis sa amin sa (lahat) ng kapighatian, katotohanan, ang aming Panginoon ay katiyakang Malimit na Nagpapatawad at Laging Handang Magpahalaga (sa mga mabubuting gawa at sa Kabayaran). 35. Na Siya, mula sa Kanyang habag, ay naglunsad sa amin sa Tahanan na hindi magmamaliw; dito ay walang paghihirap, ang anumang bahid ng pagkapagal ay hindi makakadantay sa amin."

36. Datapuwa't sila na nagtatakwil (kay Allah, sa Kanyang Kaisahan at sa Islam), sasakanila ang Apoy ng Impiyerno; hindi ganap na kamatayan ang kanilang mararamdaman upang sila ay mamatay, gayundin ang kaparusahan sa kanila ay hindi magbabawa. Sa gayon Namin ginagantimpalaan

ang bawat isa na walang damdamin ng pasasalamat! 37. Dito sila ay magsisitaghoy nang malakas (sa paghingi ng tulong): "O aming Panginoon! Kami ay ibalik Ninyong muli (sa buhay sa mundo); kami ay magsisigawa ng kabutihan at hindi ng mga gawaing nakahinatnan namin noon!" (Si Allah ay magwiwika): "Hindi baga kayo ay binigyan Namin ng mahabang buhay, upang kung sinuman ang nais makatanggap ng paala-ala, ay makakatanggap nito? At ang tagapagbabala ay dumatal sa inyo. Kaya't lasapin ninyo (ang kasamaan ng inyong mga gawa). At sa Zalimun (mga tampalasan, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian, atbp.), sila ay walang magiging kawaksi."

38. Katotohanang si Allah ang Lubos na Nakakaalam (ng lahat) ng mga bagay na nalilingid sa kalangitan at kalupaan; katotohanang Siya ang may Ganap na Kaalaman kung ano ang nasa puso (ng mga tao). 39. Siya ang naggawad sa inyo upang maging tagapagmana (sa maraming sali't saling lahi) sa kalupaan; kaya't sinuman ang hindi manampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam), ang kanyang hindi pananalig ay sasakanya. At ang kawalang pananalig ng mga hindi sumasampalataya ay nakakadagdag lamang sa kanilang pagkalugi.

40. Ipagbadya (O Muhammad): "Sabihin ninyo, o ipaalam sa akin kung ano ang inyong pag-aakala (sa tinatagurian) ninyo na mga katambal (sa pagsamba) bukod pa kay Allah? Ipakita ninyo sa akin kung ano ang kanilang nilikha sa (malawak) na mundo? O mayroon ba silang bahagi (parte) sa mga kalangitan? O pinagkalooban ba Namin sila ng Aklat, na rito ay makakapagtamo sila ng maliwanag (na katibayan)?

Hindi, ang Zalimun (mga tampalasan, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian, atbp.) ay nagpapangakuan sa bawat isa ng wala ng iba maliban sa mga kahibangan. 41. Si Allah ang nagtatangan sa kalangitan at kalupaan, kung hindi, ito ay titigil (sa kanilang takdang gawain); at kung sila ay magalaw sa kanilang kinalalagyan, wala ng iba pa, ang maaaring magtaguyod sa kanilang muli. Katotohanang Siya ang Pinakamapagparaya, ang Lagi nang Nagpapatawad.

42. At sila ay nanunumpa kay Allah sa kanilang pinakamabuklod na sumpa, na kung ang isang tagapagbabala ay dumatal sa kanila, sila ay higit na mapapatnubayan kaysa sa anumang bansa (pamayanan na una sa kanila), datapuwa't nang ang isang tagapagbabala (Muhammad) ay suguin sa kanila, ito ay walang naidagdag sa kanila, maliban sa kanilang pag-ayaw (sa katotohanan). 43. (Sila ay tumalilis dahilan sa kanilang) kapalaluan sa kalupaan at sa kanilang pagpapakana ng kasamaan. Datapuwa't ang masamang pakana ay sumasakop lamang sa kanya na gumagawa nito. Ngayon, sila ba ay makakaasa ng anumang pakikitungo, maliban kung paano pinakitunguhan ang mga tao noong una? Datapuwa't kayo ay hindi makakatagpo ng pagbabago sa Sunna (paraan ng pakikitungo) ni Allah. Walang mababago sa paraan ng pakikitungo ni Allah. 44. Hindi baga sila nagsipaglakbay sa kalupaan at kanilang namalas kung ano ang kinasapitan nila na mga nauna sa kanila, bagama't sila ay higit na malakas sa kanila? At kay Allah, walang anupamang nasa kalangitan at kalupaan ang makakaalpas sa Kanya; katotohanang Siya ang Ganap na Maalam, ang Pinakamakapangyarihan.

45· At kung parurusahan ni Allah ang sangkatauhan ng ayon sa kanilang dapat makamtan, hindi Siya mag-iiwan sa (ibabaw) ng kalupaan ng kahit na isang nabubuhay (gumagalaw) na nilikha; datapuwa't Kanyang binigyan sila ng palugit sa natataningang panahon; at kung ang kanilang takdang taning ay magwakas na, katotohanang si Allah ang Ganap na Nagmamasid sa lahat Niyang mga alipin.

Surah 36 • Ya Seen

Mga Titik Ya at Sa

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1· *Ya Seen* (mga titik Ya, Sa).

2· Sa pamamagitan ng Qur'an na Tigib ng Karunungan (alalaong baga, hitik sa mga batas, katibayan, aral, atbp.), 3· Katotohanang ikaw (O Muhammad) ay isa sa mga Tagapagbalita, 4· Sa Tuwid na Landas (alalaong baga, nasa Pananampalataya ni Allah sa Islam at paniniwala sa Kanyang Kaisahan). 5· (Ito ay isang) Kapahayagan na ipinadala (Niya), ang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Pinakamaawain. 6· Upang iyong mapaalalahanan ang isang pamayanan na ang mga ninuno ay hindi napaalalahanan, kaya't sila ay hindi sumunod (sa mga aral ni Allah).

7· Katotohanan, ang Salita (ng kaparusahan) ay ganap na naging totoo laban sa karamihan nila, kaya't sila ay hindi sasampalataya. 8· Tunay nga! Kami (Allah) ay naglagay sa kanilang leeg ng mga tanikalang bakal na umaabot

hanggang sa kanilang baba, upang ang kanilang ulo ay hindi makatungo. 9· At Kami ay naglagay ng hadlang (panakip) sa harapan nila at hadlang (panakip) sa likuran nila, at sila ay Aming tinakpan upang sila ay hindi makakita. 10· Magkatulad lamang ito sa kanila, kahit na sila ay iyong paalalahanan o hindi paalalahanan, sila ay hindi mananampalataya. 11· Mapapaalalahanan mo lamang siya na sumusunod sa Tagubilin (ng Qur'an) at may pangangamba sa Pinakamapagbigay, Siya na nakalingid (Allah). Ibigay mo sa kanya (na may pananalig at pagkatakot kay Allah) ang magandang balita ng pagpapatawad at nag-uumapaw na gantimpala (Paraiso).

12· Katotohanang Kami ang nagbibigay buhay sa patay, at Kami ang nagtatala kung ano ang kanilang ipinadala sa (kanilang) harapan, at kung ano ang kanilang iniwanan (alalaong baga, ang mga bakas ng kanilang hakbang patungo sa Moske sa pag-aalay ng limang takdang panalangin, Jihad [makadiyos na pakikipaglaban], ang lahat ng mga mabuti at masama na kanilang ginawa, atbp.); at ang lahat ng bagay ay Aming isinulit sa maliwanag na Aklat (bilang katibayan).

13· At iyong ihantad sa kanila sa isang paghahambing (ang kasaysayan) ng mga naninirahan sa bayan (ng Antioch o Antakiya), nang may dumatal sa kanila na mga Tagapagbalita. 14· Nang Aming suguin sa kanila ang dalawang Tagapagbalita, sila ay kapwa nila itinakwil; datapuwa't Aming pinatibay sila sa pangatlo, na nagsasabi: "Katotohanang kami ay mga Tagapagbalita na isinugo sa inyo para sa isang layunin!" 15· Sila (na mga tao sa bayan) ay nagsasabi: "Kayo ay katulad lamang namin na mga tao; at ang Pinakamapagbigay (Allah) ay hindi nagpadala ng

anumang kapahayagan; ikaw ay gumagawa lamang ng mga kasinungalingan." 16. Ang mga Tagapagbalita ay nagsabi: "Ang aming Panginoon ang nakakabatid na kami ay mga Tagapagbalita na isinugo sa inyo sa isang layunin; 17. Ang aming tungkulin ay ipahayag sa inyo ang maliwanag na Mensahe." 18. Ang (mga tao) ay nagsabi: "Para sa amin, nakikita namin na kayo ay may dalang kamalasan, kaya't kung kayo ay hindi titigil, katotohanang kayo ay babatuhin namin at isang kasakit-sakit na pagpaparusa ang malalasap ninyo sa amin." 19. Sila (na mga Tagapagbalita) ay nagsabi: "Ang inyong kamalasan (kasamaan) ay nasa inyong mga sarili! (Tinatawag ba ninyo na kamalasan [kasamaan] ito) kung kayo ay pinapaalalahanan? Hindi, kayo ay mga tao na Mushrifun (mga tampalasan, na sumusuway sa lahat ng hangganan ng paglabag, nagsisigawa ng malalaking kasalanan, atbp.)!"

20. At mayroong isang taong dumating na tumatakbo mula sa malayong bahagi ng bayan na nagsasabi: "O aking pamayanan, sundin ninyo ang mga Tagapagbalita!; 21. Inyong sundin sila na hindi nanghihingi ng anumang kapalit (at pabuya mula sa inyo), sila na tuwid na napapatnubayan."

22. At bakit ako ay hindi sasamba sa Kanya (kay Allah lamang), na Siyang lumikha sa akin, at kayong lahat sa Kanya ay magbabalik. 23. Ako ba ay magtuturing pa (sa pagsamba) maliban sa Kanya ng iba pang diyos; kung ang Pinakamapagbigay (Allah) ay magnais sa akin ng kapinsalaan, ang kanilang pamamagitan ay walang magiging silbi sa anumang kaparaanan, gayundin, ako ay hindi nila maililigtas? 24. Katotohanan! Kung magkagayon, ako ay masasadlak sa maliwanag na kamalian; 25. Katotohanan!

Ako ay sumampalataya sa Panginoon ninyong (lahat). Magsipakinig kayo sa akin!" 26· At dito ay ipinagbadya (sa kanya na pinatay ng mga hindi sumasampalataya): "Pumasok ka sa Halamanan (Paraiso)." Siya ay nagsabi: "Ah! Kung nalalaman lamang ito ng aking pamayanan!, 27· Na ang aking Panginoon (Allah) ay nagkaloob sa akin ng kapatawaran at ako ay itinalaga Niya na mapabilang sa mga ginawaran ng karangalan!"

28· At hindi na Kami nagsugo pa sa kanyang pamayanan, pagkaraan nila (tatlong Tagapagbalita) ng sinumang Tagapagbalita mula sa kalangitan, gayundin, ito ay hindi na kailangan sa Amin na (muling) gawin pa. 29· Dito (ay sapat na) ang isang matinding pagsabog, at pagmasdan! Sila ay katulad (ng abo) na pumatag na (namatay at nawasak). 30· Sayang, (sa aba) ng Sangkatauhan! Kailanman ay walang sinumang Tagapagbalita ang dumatal sa kanila na hindi nila tinuya. 31· Hindi baga nila namamasdan kung ilang sali't saling lahi na, na una pa sa kanila ang Aming winasak? Katotohanang sila ay hindi babalik sa kanila. 32· At katiyakan, ang lahat,- ang bawat isa sa kanila ay itatanghal sa Amin (upang hukuman).

33· At ang isang Tanda sa kanila ay ang kalupaan na patay (tigang); binigyan Namin ito ng buhay (ulan) at nagpasibol dito ng mga butil na kanilang kinakain. 34· At nagpatubo Kami rito ng halamanan ng palmera at mga ubas, at hinayaan Namin na dumaloy dito ang tubig mula sa mga saluysoy. 35· Upang kanilang makain ang kanilang mga bunga. Ang may gawa nito ay hindi ang kanilang mga kamay. Hindi baga sila kung gayon, magbibigay ng pasasalamat? 36· Luwalhatiin si Allah na lumikha sa lahat ng

bagay na magkapares, na tumutubo sa kalupaan, gayundin ng kanilang mga sarili (lalaki at babae), at ng iba pang bagay na wala silang kaalaman.

37· At ang isang Tanda sa kanila ay ang gabi. Hinatak Namin dito ang liwanag (araw), at pagmasdan, sila ay nasa kadiliman! 38· At ang araw ay umiinog sa kanyang takdang landas sa natataningang panahon. Ito ang pag-uutos ng Kataas-taasan sa Kapangyarihan, ang Pinakamaalam. 39· At ng buwan; Aming sinukat sa kanya (upang kanyang tahakin) ang mga himpilan (palasyo) hanggang sa siya ay magbalik na katulad ng lanta at tuyot na sungot ng palmera. 40· Hindi pinahihintulutan na maabot (malampasan) ng araw ang buwan, gayundin ang gabi na mahigtan ang maghapon. Sila ay kapwa lumalangoy (nakalutang) sa kanilang orbito (landas).

41· At ang isang Ayah (Tanda) sa kanila ay yaong Aming ipinanganak ang kanilang supling sa nakakargahang barko (Arko ni Noe). 42· At nilikha Namin para sa kanila ang nakakatulad (na barko) na kanilang sinasakyan. 43· At kung Aming naisin, sila ay maaari Naming lunurin; at walang sinumang kawaksi roon (na makakarinig sa kanilang sigaw), gayundin, sila ay hindi maililigtas. 44· Maliban sa pamamagitan ng Habag mula sa Amin, at bilang pagbibigay ng pansamantalang kasiyahan sa kanila.

45· At nang ito ay ipagbadya sa kanila: “Mag-ingat kayo sa nasa harapan ninyo (pangmundong mga parusa) at nasa likuran ninyo (kaparusahan sa Kabilang Buhay), upang kayo ay magsitanggap ng Habag (alalaong baga, kung kayo ay mananalig sa Pananampalataya ni Allah, sa Islam at sa Kanyang Kaisahan, at iiwas sa pagsamba sa mga

diyus-diyosan at susunod kay Allah sa mabubuting gawa). 46. At hindi kailanman dumating sa kanila ang isang Ayah (Tanda) mula sa karamihan ng Ayat (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral, atbp.) mula sa kanilang Panginoon, ang hindi nila itinakwil. 47. At kung sa kanila ay ipinagbabadya: "Gugulin ninyo (ang biyaya) na ipinagkaloob sa inyo ni Allah"; ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi sa mga sumasampalataya: "Amin bagang pakakainin siya, na kung nanaisin lamang ni Allah, siya ay Kanyang mapapakain? Ikaw ay nasa maliwanag na kamalian lamang."

48. At sila ay nagsasabi: "Kailan kaya matutupad ang pangakong ito (ang Pagkabuhay na Mag-uli) kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan?" 49. Hindi sila marapat maghintay sa isang matinding pagsabog lamang; ito ay sasaklot sa kanila habang sila ay nagsisipagtalo sa kanilang mga sarili. 50. At sila ay hindi magkakaroon ng panahon na makapagpamana, gayundin, sila ay hindi na makakabalik pa sa kanilang pamilya. 51. At ang Tambuli ay hihipan (sa pangalawang pagkakataon), at pagmasdan! Mula sa mga libingan ay magsisilabas (ang mga tao) patungo sa kanilang Panginoon! 52. Sila ay magsasabi: "Ah! Kasawian sa amin! Sino ang nagpabangon sa amin mula sa aming lugar ng pagkakatulog?" (Isang tinig ang maririnig): "Ito ang ipinangako ng Pinakamapagbigay (Allah), at ang mga Tagapagbalita ay nagsaysay ng Katotohanan!" 53. Dito ay sapat na ang isang matinding pagsabog, kaya't pagmasdan! Silang lahat ay itatanghal sa harapan Namin!

54. Sa Araw na ito (Araw ng Muling Pagkabuhay), walang sinuman ang gagawaran sa anuman ng hindi katampatan, at kayo ay hindi babayaran maliban lamang ng ayon sa

antas nang inyong mga gawa. 55· Katotohanan, ang mga naninirahan sa Halamanan (Paraiso), sa Araw na yaon ay magkakaroon ng kasiyahan sa lahat nilang ginagawa; 56· Sila at ang kanilang kadaupang palad ay mapapasatabi ng kaaya-ayang lilim, na nakahilig sa matataas na diban. 57· Sasakanila ang lahat ng (uri ng) bungangkahoy, at lahat ng kanilang hilingin. 58· (At sa kanila ay ipagtuturing): "Salamun (Ang Kapayapaan ay sumainyo)!" Isang Salita (ng pagbati) mula sa Panginoon (Allah), ang Pinakamaawain!

59· (At dito ay ipagsasaysay): "At, O kayong Al-Mujrimun (mga tampalasan, kriminal, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig kay Allah, buktot, atbp.)! Magsilayo kayo sa Araw na ito (sa mga sumasampalataya)! 60· Hindi baga ipinagtagubilin Ko sa inyo, O angkan ni Adan na huwag ninyong sambahin si Satanas? Katotohanang siya sa inyo ay isang lantad na kaaway. 61· At kayo ay marapat na sumamba sa Akin (lamang, sa Aking Kaisahan, at huwag sumamba at mag-akibat sa Akin ng mga diyus-diyosan). Ito ang Tuwid na Landas. 62· At katotohanang iniligaw niya (Satanas) ang malaking karamihan sa inyo, hindi baga kayo nakakaunawa? 63· Ito ang Impiyerno na sa inyo ay ipinangako! 64· Yakapin ninyo ang Apoy sa Araw na ito sapagkat kayo (ay patuloy) na nagtatwa (sa katotohanan). 65· Sa Araw na ito, Aming ilalapat ang kanilang bibig, at ang kanilang kamay ay mangungusap sa Amin, at ang kanilang binti ay magbibigay saksi sa kanilang pinagdaanang gawa. At kung Amin lamang ninais, tunay nga na magagawa Namin na bulagin ang kanilang mga mata, upang sila ay magsumikap na tumahak sa Landas, subalit paano sila kung gayon makakakita?

66. At kung Amin lamang ninais, magagawa Namin na palitan sila (bilang mga hayop o walang buhay na nilikha) sa kanilang kinalalagyan. Sa gayon, sila ay hindi makakapangyari na lumakad nang pasulong (lumibot), o di kaya ay makatalikod. 67. At siya na ginawaran Namin ng mahabang buhay, Aming pinanumbalik muli ang kanyang pagkalikha (mula sa pagiging mahina hanggang sa maging malakas sa paglaki, at muli sa pagiging mahina sa kanyang pagtanda). Hindi baga sila nakakaunawa? 68. At hindi Namin tinuruan siya (Muhammad) ng tulain (pagtula), gayundin ito ay hindi nalalayon sa kanya; ito ay hindi hihigit pa maliban sa isang Paala-ala at isang Qur'an na nagbibigay ng kaliwanagan sa mga bagay. 69. Upang ito (ang Qur'an) o siya (Muhammad) ay magbigay ng paala-ala sa sinuman na nabubuhay (may malusog na pag-iisip, isang may pananalig), upang ang salita ay mapatibayan laban sa mga hindi sumasampalataya (patay, sapagkat sila ay nagtatakwil sa mga babala). 70. Hindi baga nila napagmamasdan kung paano Namin nilikha sa kanila; kung ano ang nilikha ng Aming mga Kamay, ang mga hayupan (bakahan), upang sila ang maging tagapag-ari nito.

71. At Aming ipinailalim sila (hayupan, bakahan) sa kanila (sa paggamit). Ang iba ay kanilang sinasakyan at ang iba ay kanilang kinakain. 72. At sila ay mayroon (pang ibang) kapakinabangan sa kanila (maliban pa rito), sila ay nakakakuha (ng gatas) bilang inumin. Hindi baga sila magkakaroon ng utang na loob ng pasasalamat? 73. Datapuwa't sila ay nagturing (sa pagsamba) ng iba pang diyos bukod pa kay Allah, (na umaasa) na sila ay matutulungan (ng kanilang itinuturing na mga diyos)!

74. Sila (mga diyus-diyosan) ay walang kapangyarihan na tulungan sila, datapuwa't sila (mga diyus-diyosan) ay itatambad bilang isang pangkat laban sa mga sumamba sa kanila (sa Sandali ng Pagsusulit). 75. Kaya't huwag hayaan ang kanilang pananalita ay makapagpalumbay sa iyo (O Muhammad). Katotohanang batid Namin kung ano ang kanilang ikinukubli at kung ano ang kanilang inilalantad. 76. Hindi baga namamalas ng tao na Aming nilikha siya mula sa Nutfah (magkahalong semilya ng lalaki at babae)? Datapuwa't pagmasdan! Siya (ay nakatindig) bilang isang lantad na kaaway!

77. At nagturing siya sa Amin ng isang talinghaga, at nakalimot sa kanyang sariling pagkalikha. Siya ay nagsasabi: "Sino ang magbibigay buhay sa mga butong ito na nangabulok na at naging abo?" 78. Ipagbadya (O Muhammad): "Siya ang magbibigay buhay sa kanila na Siyang lumikha sa kanila noong una! At siya ang Lubos na Nakakaalam ng lahat ng Kanyang mga nilikha! 79. Siya rin ang naggawad sa inyo ng apoy mula sa luntiang puno (alalaong baga, ang tuyong kahoy ay ginagamit na panggatong), at pagmasdan! Kayo ay nakapagpaparingas ng apoy dito. 80. Hindi baga Siya na lumikha ng kalangitan at kalupaan ay makakagawa rin na makalikha ng katulad nila? Tunay nga, walang pagsala! Sapagkat Siya ang Ganap na Maalam, ang Sukdol na Manlilikha (na batbat ng kaalaman at karunungang walang maliw)! 81. Katotohanang kung Siya ay magnais (na gumawa) ng isang bagay, ang Kanyang pag-uutos lamang ay: "Mangyari nga!" At ito ay magaganap. 82. Kayat luwalhatiin Siya. Higit Siyang Mataas sa lahat ng mga itinatambal sa Kanya, at nasa Kanyang mga Kamay ang

paghahari at kapamahalaan ng lahat ng bagay, at kayong lahat sa Kanya ay magbabalik.

Surah 37 • As-Saffat

Ang Nahahanay sa Antas

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Sa pamamagitan (ng mga anghel) na nahahanay sa antas, 2. Sa pamamagitan (ng mga anghel) na matatag na nagtataboy sa (kasamaan) sa mabuting paraan. 3. Sa pamamagitan (ng mga anghel) na nagdadala ng Aklat at ng Qur'an sa sangkatauhan mula kay Allah. 4. Katotohanan! Katotohanan, ang inyong Ilah (Diyos) ay Tanging Isa (si Allah). 5. Na Panginoon ng kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito, at Panginoon ng lahat ng bawat hanggahan ng sinisikatan ng araw! (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya).

6. Katotohanang Aming pinalamutihan ang pinakamababang kalangitan ng kagandahan (sa pamamagitan) ng mga bituin. 7. At bilang bantay laban sa bawat naghihimagsik na demonyo (Satanas). 8. Sila ay hindi makakarinig sa mataas na pangkat (mga anghel), sapagkat sila ay binabato (itinataboy) sa bawat panig. 9. Na itinatakwil, at sa kanila ang patuloy (o masakit) na pagpaparusa. 10. Maliban sa kanya na katulad nang nang-agaw ng isang bagay sa pamamagitan ng pagnanakaw at sila

ay tinutugis ng naglalagablab na apoy na may nakakatusok na liwanag.

11. Kaya't tanungin mo (O Muhammad, sila na mapagsamba sa mga diyus-diyosan): "Sila ba ay higit na matibay bilang nilikha, o ang iba pa (katulad ng kabundukan, kalangitan, kalupaan, atbp.) na Aming nilikha?" Katotohanang Aming nilikha sila mula sa isang malagkit na putik! 12. Hindi, ikaw (O Muhammad) ay nagtataka (sa kanilang katigasan ng ulo) habang sila ay nangungutya (sa iyo at sa Qur'an). 13. At kung sila ay pinapaalalahanan, sila ay hindi nagbibigay pahalaga. 14. At kung sila ay makakita ng isang Ayah (isang tanda, katibayan), ay ginagawa nila itong katatawanan. 15. At sila ay nagsasabi: "Ito ay wala ng iba kundi maliwanag na panlilinlang!" 16. "Ano! Kung kami ay mamatay at maging alabok at mga buto, kami baga (ay katotohanan) na muling ibabangon?" 17. "Gayundin ang aming mga ninuno?" 18. Ipagbadya (O Muhammad): "Tunay nga, at kayo ay aalispustain (dahilan sa inyong kasamaan)."

19. At ito ay isang matinding pagsabog lamang (alalaong baga, sa pangalawang pagtunog ng Tambuli), at pagmasdan! Sila ay mandidilat! 20. Sila ay magsasabi: "Ah! Kasawian sa amin! Ito ang Araw ng Paghuhukom!" 21. (At dito ay ipagbabadya): "Ito ang Araw ng Pagbubukod-bukod (Paghuhukom), na ang pagiging tunay ay palagi ninyong itinatatwa." 22. (At ipagbabadya sa mga anghel): "Tipunin ninyo nang sama-sama ang nagsigawa ng kamalian gayundin ang kanilang mga kasama (mula sa mga demonyo) at ang kanilang sinasamba noon (na mga diyus-diyosan), 23. Bukod pa kay Allah, at ihantong sila sa daan ng Naglalagablab na Apoy (Impiyerno)! 24. Datapuwa't patigilin sila, sapagkat

sila ay tatanungin: 25· "Ano ang nangyayari sa inyo? Bakit hindi kayo magtulungan sa isa't isa (na kagaya noong ginagawa ninyo sa lupa)?" 26· Hindi, subalit sa Araw na ito, sila ay susuko (sa paghuhukom).

27· At sila ay babaling sa bawat isa at magtatanungan sa bawat isa. 28· Sila ay magsasabi: "Kayo yaong dumarating sa amin mula sa kanang bahagi (alalaong baga, sa kanang bahagi ng isa sa amin at nagpapaganda sa amin ng bawat kasamaan at mga tukso, nag-uutos sa amin sa pagsamba sa mga diyus-diyosan at humahadlang sa amin sa Katotohanan, sa Kaisahan ni Allah at sa Islam at sa bawat mabubuting gawa). 29· Sila ay magsisisagot: "Hindi, kayo rin sa inyong sarili ay walang pananampalataya! 30· At kami ay walang kapamahalaan sa inyo. Hindi! Datapuwa't kayo ay mga tao na nagmamalabis sa paglabag (palasuway, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig)!" 31· Kaya't ngayon, ang Salita ng aming Panginoon ay binigyang katarungan laban sa amin, na katiyakang (dapat naming) lasapin (ang kaparusahan sa aming kasalanan). 32· Kaya't aming iniligaw kayo; sapagkat katotohanang kami rin sa aming sarili ay naliligaw." 33· Katotohanang sa Araw na ito, silang lahat ay maghahati sa kaparusahan. 34· Katiyakang sa ganitong (paraan), ang Aming pakikitungo sa Mujrimun (mga tampalasan, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, makasalanan, kriminal, palasuway kay Allah, walang pananalig, atbp.). 35· Katotohanang kapag sila ay pinagsasabihan ng: La ilaha ill Allah (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah), ay pinatatambok nila ang kanilang sarili sa kapalaluan (alalaong baga, sila ay nagtatatwa sa

katotohanan). 36. At sila ay nagsasabi: "Ano? Tatalikdan ba namin ang aming mga diyos dahilan lamang sa isang makata na nasisiraan ng bait?" 37. Hindi! Siya (Muhammad) ay dumatal na may (ganap) na katotohanan (alalaong baga, dala niya ang Islam, Qur'an at paniniwala sa Kaisahan ni Allah), at siya ay nagpapatotoo (sa mensahe) ng mga Tagapagbalita (noon pang una na nagdala ng Pananampalataya ni Allah, ang Islam at Kanyang Kaisahan). 38. Katotohanang kayo (na mga pagano sa Makkah), inyong lalasapin ang kasakit-sakit na kaparusahan, 39. At kayo ay gagantihan ng wala ng iba maliban lamang sa inyong mga ginawa (masasamang gawa, kasalanan, pagsuway kay Allah, atbp.).

40. Maliban sa mga piling tagapaglingkod ni Allah (matatapat, masunurin, tunay na may pananalig sa Islam at Kaisahan ni Allah). 41. Sasakanila ang nakatakdang biyaya (panustos, sa Paraiso). 42. Mga bungangkahoy; at sila ay pararangalan, 43. Sa Halamanan ng Kaligayahan (Paraiso), 44. Na nakaharap sa bawat isa sa matataas na diban. 45. Sa palibot nila ay idudulot ang kopa ng inumin mula sa malinaw na dalisdis (dalisay na alak), 46. Na tulad sa kaputian ng kristal, na ang lasa ay masarap sa mga umiinom, 47. Na ligtas sa Ghoul (hindi magiging mabigat o masakit ang ulo, walang sakit sa tiyan, hindi nakakapinsala sa katawan, walang damdamin ng kasalanan) mula (sa pag-inom), gayundin naman, sila ay hindi makadarama nang pagkalango. 48. At sa tabi nila ay mayroong mga busilak na babae; na nagpipigil sa kanilang pagtingin (na hindi nagnanais sa iba maliban sa kanilang asawa), na may malalaki at magagandang mata. 49. (Maselan at dalisay) na (wari bang natatakpang) itlog na binabantayan.

50. At sila ay haharap sa bawat isa at magkapanabay na magtatanungan. 51. Ang isa sa kanila ay magsasabi: "Katotohanang ako ay may isang malapit na kasama (sa kalupaan), 52. Na lagi nang nagsasabi: "Ikaw ba ay isa sa mga tunay na nananalig (sa Muling Pagkabuhay matapos ang kamatayan)? 53. Na kung tayo ay mamatay at maging alabok at mga buto, katotohanang bang tayo (ay muling ibabangon) upang tumanggap ng gantimpala o kaparusahan (ayon sa ating mga gawa)?" 54. (Ang isang tao) ay nagsabi: "Nais mo bang tumingin sa dakong ibaba?" 55. Kaya't siya ay tumingin sa ibaba at kanyang nakita siya sa gitna ng Apoy. 56. Siya ay nagsabi: "Sa pamamagitan (sa Ngalan) ni Allah! Malapit mo na (sana) akong nadala sa pagkapanganyaya ng aking kaluluwa! 57. At kung hindi sa Habag ng aking Panginoon (Allah), walang pagsala na ako ay isa sa mga napasama roon (sa Impiyerno)!" 58. (Ang tunay na sumasampalataya ay nagsabi): Tayo ba ay hindi na (muling) mamamatay? 59. Maliban sa ating unang kamatayan, at tayo ba ay hindi paparusahan (makaraang tayo ay pumasok sa Paraiso)? 60. Katotohanang ito ang Sukdol na Tagumpay! 61. Sa katulad nito, hayaan ang lahat ay magsikap, sa mga nagnanais na magsikap.

62. Ito bang (Paraiso) ay higit na mainam sa pagsasaya o ang puno ng Zaqqum (isang kahindik-hindik na puno sa Impiyerno)? 63. Katotohanang Aming ginawa ito (bilang) isang buntot sa Zalimun (mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig, mapaggawa ng kamalian, buktot, atbp.). 64. Katotohanang ito ay isang puno na tumutubo sa kailaliman ng Impiyerno, 65. Na ang supling (usbong) ng kanyang buwig ay katulad ng ulo ng mga

demonyo. 66. Katotohanang sila ay kakain nito at ang kanilang tiyan ay mapupuno ng mga ito. 67. At bukod pa rito, sila ay bibigyan ng kumukulong tubig upang inumin na magiging magkasangkap (ang pinakulong tubig at Zaqqum sa kanilang tiyan). 68. At pagkatapos, katotohanang sila ay ibabalik sa Naglalagablab na Apoy ng Impiyerno. 69. Katotohanang kanilang natagpuan ang kanilang mga ninuno sa maling Landas. 70. Kaya't sila rin ay nagmadali na sundan ang kanilang mga yapak! 71. At katotohanan, ang mga tao noong una ay naligaw rin bago pa sa kanila; 72. Datapuwa't katotohanang noon pa man, sila ay pinadalhan na Namin ng mga tagapagbabala (mga Tagapagbalita). 73. Kaya't pagmasdan kung ano ang kinahinatnan ng mga pinaalalahanan (subalit hindi nakinig). 74. Maliban sa mga piling tagapaglingkod ni Allah (matapat, masunurin, tunay na may pananalig sa Kaisahan ni Allah at sa Islam).

75. (Noon), katotohanang si Noe ay nanikluhod sa Amin, at Kami ang Pinakamainam sa mga dumirinig (sa panalangin). 76. At Aming iniadya siya at ang kanyang pamayanan sa malaking kapinsalaan (sa pagkalunod). 77. At ginawa Namin ang kanyang kalahian na mamalagi (sa kalupaan) at ang mga nakaligtas (alalaong baga, si Shem, Ham at Japheth). 78. At iniwan Namin sa kanya (ang magandang ala-ala) para sa kanyang mga lahi na susunod sa darating na panahon. 79. "Salamun (Kapayapaan) at pagbati kay Noe (mula sa Amin) at sa lahat ng mga nilalang!" 80. Katotohanan, sa ganito Namin ginagantimpalaan ang Muhsinun (mga gumagawa ng katuwiran at kabutihan sa kapakanan ni Allah na walang pagpapasikat o naghahangad ng papuri, bagkus ay gumagawa nito ayon sa pag-uutos ni Allah).

81. Katotohanang siya ay isa sa Aming tagapaglingkod na may pananalig. 82. At Aming nilunod ang iba (na walang pananampalataya, buktot, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, atbp.).

83. At katotohanan, ang isa sa mga sumunod sa kanya (Noe) sa landas (ng Islam at Kaisahan ni Allah) ay si Abraham. 84. Pagmasdan! Nang siya ay lumapit sa kanyang Panginoon na may dalisay na puso (tanging kay Allah lamang ang kanyang pagsamba at malinis siya sa dumi ng pananalig sa mga diyus-diyosan). 85. Pagmasdan! Nang sinabi niya sa kanyang ama at sa mga tao: "Ano baga yaong inyong sinasamba?" 86. "Ito ay isang kabulaanan, mga diyus-diyosan bukod pa kay Allah, ang inyong pinaninikluhuran?" 87. "At ano ang inyong pag-aakala tungkol sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang?"

88. At siya ay tumanaw nang malalim sa mga bituin (upang sila ay linlangin). 89. At siya ay nagsabi: "Katotohanang ako ay maysakit (dahil sa salot na bigay ng mga bituin). [Ginawa niya ang pamamaraang ito upang siya ay makapanatili sa templo ng kanilang mga diyus-diyosan at kanyang mawasak ang mga ito, at upang siya ay hindi mapasama sa kanilang paganong pagdiriwang]. 90. Kaya't sila ay tumalikod sa kanya, at nagsilisan (dahilan sa pangangamba sa kanyang sakit). 91. At siya (Abraham) ay humarap sa kanilang mga diyus-diyosan at nagsabi: "Hindi ba ninyo kakainin ang mga handog sa harapan ninyo? 92. At ano ang nangyayari sa inyo at kayo ay hindi nagsasalita?" 93. At siya ay lumapit sa kanila at kanyang sinuntok (hinampas) sila ng (kanyang) kanang kamay. 94. At dumating (ang mga sumasamba sa mga diyus-diyosan) na nagmamadali patungo sa kanya (Abraham).

95. Siya (Abraham) ay nagsabi: “Sinasamba ba ninyo ang mga bagay na (kayo rin sa inyong sarili) ang lumilok? 96. Datapuwa’t si Allah ang lumikha sa inyo at sa ginawa ng inyong mga kamay!” 97. Sila ay nagsabi: “Inyong igawa siya ng pugon at itapon siya sa naglalagablab na apoy!” 98. (Ito ay hindi magtatagumpay). At sila ay nagbalak nang laban sa kanya, datapuwa’t Aming inilaan sila sa pinakaaba! 99. Siya (Abraham) ay nagsabi (matapos na makaligtas siya sa apoy): “Katotohanang ako ay patutungo sa aking Panginoon! Siya ang mamamatnubay sa akin!” 100. “O aking Panginoon! Ako ay pagkalooban Ninyo ng (mabuting) anak na lalaki mula sa matutuwid!” 101. Kaya’t ibinigay Namin sa kanya ang magandang balita ng matimtimang anak (na lalaki, si Ismail).

102. At nang ang (anak na) lalaki ay sumapit na sa hustong gulang, siya (Abraham) ay nagsabi: “O aking anak! Ako ay nanaginip na iaalay kita bilang sakripisyo (kay Allah); iyong sabihin kung ano ang iyong nasasaloob!” (Ang anak) ay nagsabi: “O aking ama! Inyong sundin kung ano ang sa inyo ay ipinag-utos. Insha Allah (Kung pahihintulutan ni Allah), matatagpuan ninyo ako (kung ito ang kalooban ni Allah) na isang mapagbata.” 103. At nang sila ay kapwa nagsuko ng kanilang sarili (sa pagsunod kay Allah), at kanyang inihiga na siya na nakapatirapa sa kanyang noo (upang isakripisyo), 104. Amin (Allah) siyang tinawag: “O Abraham! 105. Iyo nang natupad nang ganap ang panaginip!” Katotohanang sa ganito Namin ginagantimpalaan ang Muhsinun (mga gumagawa ng katuwiran at kabutihan na ganap na nagsasagawa ng mga ito tungo sa kapakanan ni Allah ng walang kapalaluan at hindi naghihintay ng papuri

o katanyagan, bagkus ay gumagawa nito ayon sa pag-uutos ni Allah). 106. Katotohanang ito ay isang tunay na lantad na pagsubok. 107. At siya ay tinubos (iniligtas) Namin sa isang malaking sakripisyo (ipinalit sa kanya ang isang hayop, alalaong baga, isang lalaking tupa). 108. At iniwan Namin sa kanila (ang isang magandang ala-ala, upang makintal sa isipan) ng mga sali't saling lahi (na susunod) sa darating na panahon. 109. "Salamun (Kapayapaan) at pagbati kay Abraham!" 110. Kaya't katotohanang sa ganito Namin binibiyayaan ang Muhsinun (mga nagsisigawa ng kabutihan at katuwiran). 111. Katotohanang siya ay isa sa Aming tagapaglingkod na nananampalataya. 112. At Aming ginawaran siya ng magandang balita (nang pagdating) ni Isaac, isang propeta, isa sa mga matutuwid. 113. Aming ginawaran siya at si Isaac ng biyaya, at mula sa kanilang lahi, (ang iba) ay gumagawa ng kabutihan at ang ilan ay gumagawa ng kamalian.

114. At muli (tulad din noong una), Aming ibinigay ang Aming paglingap kay Moises at Aaron. 115. At Aming iniadya sila at ang kanilang pamayanan sa malaking kasiphayuan. 116. At sila ay tinulungan Namin, at sila ay nagsipagtagumpay. 117. At iginawad Namin sa kanila ang Kasulatan na nagpapaliwanag sa mga bagay-bagay. 118. At sila ay pinatnubayan Namin sa Matuwid na Landas. 119. At iniwan Namin sa kanila (ang isang magandang ala-ala, upang makintal sa isipan) ng mga sali't saling lahi (na susunod) sa darating na panahon. 120. "Salamun (Kapayapaan) at pagbati kina Moises at Aaron!" 121. Katotohanang sa ganito Namin ginagantimpalaan ang Muhsinun (mga nagsisigawa

ng kabutihan at katuwiran). 122. Sapagkat sila ay dalawa sa Aming mga tagapaglingkod na nananampalataya.

123. At katotohanang si Elias ay isa rin sa Aming mga Tagapagbalita. 124. Pagmasdan! Nang kanyang ipahayag sa kanyang pamayanan: "Hindi baga ninyo pangangambahan si Allah?" 125. "Kayo ba ay magsisidalangin kay Baal (isang tanyag na diyus-diyosan sa kanilang pamayanan na kanilang sinasamba) at inyong tatalikuran ang Pinakamainam sa lahat ng mga Manlilikha?" 126. "Si Allah, ang inyong Panginoon at Tagapagtaguyod, at Panginoon at Tagapagtaguyod ng inyong ninuno noong pang una?" 127. Datapuwa't kanilang itinakwil siya (Elias), at katotohanan na walang pagsala na sila ay tatawagin (sa kaparusahan). 128. Maliban sa mga piling tagapaglingkod ni Allah (sa kanilang lipon). 129. At iniwan Namin sa kanila (ang isang magandang ala-ala, upang makintal sa isipan) ng mga sali't saling lahi (na susunod) sa darating na panahon. 130. "Salamun (Kapayapaan) at pagbati kay Ilyasin (Elias)!" 131. Katotohanang sa ganito Namin ginagantimpalaan ang Muhsinun (mga nagsisigawa ng kabutihan at katuwiran tungo sa kapakanan ni Allah). 132. Katotohanang siya ay isa sa Aming tagapaglingkod na nananampalataya.

133. At katotohanang si Lut ay isa sa Aming mga Tagapagbalita. 134. Pagmasdan! Nang Aming iniligtas siya at ang kanyang pamilya, silang lahat, 135. Maliban sa isang matandang babae (ang kanyang asawa) na isa sa mga nagpaiwan. 136. At Aming winasak ang natira (alalaong baga, ang mga bayan ng Sodom na nasa lugar ng Patay na Dagat [Dead Sea] sa Palestina). 137. Katotohanang kayo ay

dumaraan (sa kanilang pook) sa umaga, 138. At sa gabi; kayo baga ay hindi nakakaunawa?

139. At katotohanang si Jonah ay isa sa Aming mga Tagapagbalita. 140. Nang siya ay tumakbo (na parang isang alipin) sa barko na puno ng karga. 141. Siya (ay pumayag) na magpalabunutan, at siya ay isa sa mga talunan. 142. Kaya't isang (malaking) isda ang lumulon sa kanya, at siya ang dapat sisihin sa kanyang ginawa. 143. Datapuwa't kung siya ay hindi (lamang) humingi ng kapatawaran at lumuwalhati kay Allah, 144. Katotohanan na walang pagsala na mananatili siya sa tiyan (ng isda) hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay. 145. Subalit siya ay iniluwa Namin sa patag na pasigan (ng dagat) samantalang (siya) ay may sakit. 146. At Aming pinatubo sa ibabaw (sa tabi) niya ang isang malabay na puno. 147. At Aming isinugo siya (sa isang misyon) sa isang daang libong tao o higit pa. 148. At sila ay nagsisampalataya, kaya't Aming hinayaan na sila ay magsaya sa kaunting sandali.

149. Kaya't ngayon (O Muhammad), iyong tanungin sila kung ano ang kanilang palagay. Tunay kaya baga na ang inyong Panginoon (ay mayroon lamang) ng mga anak na babae, at ang kanila ay mga anak na lalaki? 150. O nilikha ba Namin ang mga babaeng anghel, samantalang sila ang mga saksi? 151. Pagmasdan! Sila (mga paganong Quraish) ay nagsasabi mula sa kanilang mga kabulaanan (gawa-gawang kasinungalingan) ng: 152. "Si Allah ay nagkaroon ng mga anak (alalaong baga, ang mga anghel ay mga anak na babae ni Allah)?" Katotohanang sila ay mga sinungaling! 153. Siya (Allah) baga ay pumili ng mga anak na babae kaysa sa mga anak na lalaki? 154. Ano ang nangyayari sa inyo? Paano kayo humahatol? 155. Hindi baga kayo tatanggap ng paala-ala?

156. O mayroon ba kayong maliwanag na kapamahalaan? 157. Kung gayon, inyong dalhin ang (inyong) Aklat (ng kapamahalaan) kung kayo ay makatotohanan!

158. At sila ay kumatha (naggawa-gawa ng kasinungalingan) na may pagkakamag-anak sa pagitan Niya at ng mga Jinn, datapuwa't ang mga Jinn na rin (ang lubos na nakakaalam) na sila ay tatawagin upang magsulit sa Kanya. 159. Luwalhatiin si Allah! (Siya ay ganap na malaya) sa lahat ng bagay na kanilang itinatambal sa Kanya! 160. (Sila ay nasa kamalian) maliban sa mga tagapaglingkod ni Allah na Kanyang pinili (sa Kanyang Habag, alalaong baga, mga tunay na nananampalataya sa Kaisahan ni Allah at hindi nag-aakibat ng mga huwad na bagay kay Allah). 161. Kaya't katotohanang kayong (mga pagano), at ang inyong mga sinasamba (na diyus-diyosan), 162. Ay hindi makakapagligaw (sa kanila na tunay na sumasampalataya kay Allah na makalimot at lumayo sa Kanya), 163. Maliban sa kanila na nakatakdang masunog sa Naglalagablab na Apoy (Impiyerno)! 164. Walang sinuman sa amin (mga anghel) ang hindi nakakaalam sa aming takdang kalalagyan (o puwesto); 165. Katotohanan, kaming (mga anghel) ay nakatindig sa mga hanay sa pagdarasal (na katulad din ninyong mga Muslim sa inyong pagdarasal); 166. At katotohanan, kaming (mga anghel), kami ay sumasambit ng kaluwalhatian (ni Allah sa aming pananalangin)!"

167. At katotohanang sila (mga paganong Arabo) ay laging nagsasabi: 168. "Kung kami lamang ay nakatanggap ng Mensahe noong una (bago dumatal si Propeta Muhammad bilang isang Tagapagbalita ni Allah), 169. Katotohanang kami ay walang pagsala na magiging tagapaglingkod ni Allah,

matapat at matimtiman (at tunay na nananampalataya sa Kanyang Kaisahan at sa Islam)!" 170. Datapuwa't (ngayon na ang Qur'an ay dumating), sila ay nagtakwil dito (sa Qur'an at kay Propeta Muhammad at sa lahat ng kanyang mga dinalang kapahayagan); ngunit hindi magtatagal ay kanilang mapag-aalaman!" 171. At katotohanan, ang Aming Salita ay pumalaot na noon pa mang una sa Aming mga tagapaglingkod, ang mga Tagapagbalita na Aming isinugo, 172. At katotohanang sila ay ginawaran na magsipagtagumpay. 173. At ang Aming mga tagapaglingkod, katotohanang sila ay magwawagi. 174. Kaya't tumalikod ka sa kanila (O Muhammad), nang pansamantala. 175. At pagmasdan mo sila, at makikita nila (ang kaparusahan)!

176. Sila baga ay naghahanap na madaliin ang Aming Kaparusahan? 177. Datapuwa't kung ito ay pababain na sa kanilang bakuran sa harapan nila, kasamaan ang magiging umaga ng mga pinaalalahanan (subalit hindi nakinig)! 178. Kaya't talikuran mo sila (O Muhammad), nang pansamantala. 179. At pagmasdan, kanilang makikita (ang kaparusahan)! 180. Maluwalhati ang iyong Panginoon! Ang Panginoon ng Karangalan at Kapangyarihan! (Siya ay ganap na malaya) sa lahat ng mga itinatambal nila sa Kanya! 181. At kapayapaan sa mga Tagapagbalita! 182. At ang lahat ng mga Pagpupuri ay kay Allah, ang Panginoon at Tagapanustos ng lahat ng mga nilalang.

Ang Titik Sa

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Sad (titik Sa): Sa pamamagitan ng Qur'an na tigib ng pagpapaala-ala (na ito ang katotohanan).

2. Hindi, ang mga walang pananampalataya ay nasa huwad na kapalaluan at pagtutol. 3. Ilan na bang mga sali't saling lahi na una pa sa kanila ang Aming winasak? Sa katapusan, sila ay nanikluhod (ng habag), nang wala ng panahon na sila ay maliligtas!

4. Kaya't sila (mga paganong Arabo) ay nagtataka na ang isang Tagapagbabala (Muhammad) ay isinugo sa kanila mula sa kanilang lipon! At ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Ang (Propetang ito, Muhammad) ay isang manggagaway na nagsasalaysay ng kasinungalingan!" 5. "Ginawa ba niyang lahat ang mga diyos na maging Isang Diyos (Allah)? Katotohanang ito ay isang naiibang bagay!" 6. At ang mga pinuno sa kanila ay lumalayo (ng walang pasensiya) at (nagsasabi): "Magsialis na kayo at maging matimtiman sa inyong mga diyos! Sapagkat katotohanang ito ay isang gawang bagay (na laban sa inyo)! 7. Hindi namin kailanman narinig (ang katulad nito) sa lipon ng mga tao ng huling relihiyon, ito ay wala ng iba kundi isang hinabing kuwento!" 8. Ano? Ang Paala-ala baga ay ipinadala lamang sa kanya (sa gitna ng mga tao) mula sa karamihan namin? Hindi! Datapuwa't sila ay nag-aalinlangan hinggil sa

Aking Paala-ala (Qur'an)! Hindi! Datapuwa't hindi pa nila nalalasap (ang Aking) Kaparusahan!

9. O mayroon ba silang mga Kaban ng Habag ng inyong Panginoon, - ang Kataas-taasan sa Kapangyarihan, ang Tagapagkaloob ng mga Biyaya ng walang pasubali? 10. O kanila ba ang kapamahalaan at paghahari sa kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito? Kung tunay ngang gayon, hayaan silang pumanhik sa lahat ng paraang kanilang magagawa (sa kalangitan)! 11. (At sapagkat itinakwil nila ang Mensahe ni Allah), sila ay magiging talunan na katulad ng magkakaanib (na pangkat o tao) nang unang panahon (na nagapi). 12. Bago pa sa kanila (ay marami na) ang nagpabulaan sa mga Tagapagbalita. Ang pamayanan ni Noe; at ni A'ad; at ni Paraon - ang panginoon ng pakikipagsapalaran (na sa gayong paraan ay kanyang pinarurusahan ang mga tao). 13. At ni Thamud, at pamayanan ni Lut, at ang mga nananahan sa kakahuyan; sila ang mga magkakaanib. 14. Wala isa man (sa kanila) ang hindi nagtakwil sa mga Tagapagbalita, kaya't ang Aking Kaparusahan ay sumapit na makatarungan sa kanila. 15. At sila ay naghihintay lamang sa isang Matinding Sigaw (alalaong baga, ang pag-ihip sa Tambuli ni Anghel Israfil - Sarafil), at (sa sandaling ito ay sumapit), ito ay hindi magbabawa o maglulubay (hanggang ang lahat ay maglaho maliban kay Allah [ang tunay na Diyos na Puspos ng Kamahalan, Kasaganaan at Karangalan]). 16. Sila ay nagsasabi: "O Panginoon! Madaliin Ninyo sa amin ang Inyong Qittana (paghatol, alalaong baga, ang Talaan ng mabubuti at masasamang gawa upang ito ay aming mamalas), bago pa dumatal ang Araw ng Pagsusulit!"

17. Maging matiyaga (O Muhammad) sa anumang sinasabi

nila, at iyong alalahanin ang Aming tagapaglingkod na si David, isang tao na ginawaran ng katatagan at kapangyarihan. Katotohanang siya ay lagi nang lumilingon sa lahat ng bagay at sa pagsisisi (kay Allah). 18. Katotohanang Aming ginawa ang kabundukan na magsisambit ng mga pagpupuri sa Amin na kasama siya (David), sa sandali ng dapithapon at bukang liwayway. 19. At gayundin, ang mga ibon ay nagtitipon na kasama niya (David) at lumilingon kay Allah (sa pagluwalhati sa Kanyang Kapurihan). 20. Aming pinatatag ang kanyang kaharian at siya ay ginawaran Namin ng karunungan at makatarungang paghatol sa pagsasalita at pagpapasya.

21. Nakarating na ba sa inyo ang kasaysayan ng mga May Usapin (Nagtatalo-talo)? Pagmasdan, nang sila ay umakyat sa bakod tungo sa (kanyang) Mihrab (isang lugar na pinagdarasalan o isang pribadong silid); 22. Nang sila ay tumungo kay David, siya ay nagulumihanan sa kanila, ngunit sila ay nagsabi: “Huwag kang matakot! Kami ay dalawang (tao) na may usapin (pagtatalo), ang isa ay nakagawa ng kamalian sa isa, kaya’t kami ay iyong hatulan ng may katotohanan, at kami ay huwag mong turingan ng di-katarungan, datapuwa’t kami ay iyong gabayan sa Tuwid na Landas.

23. “Katotohanan, ang taong ito ay aking kapatid (sa pananampalataya), siya ay mayroong siyamnapu at siyam na tupang babae, samantalang ako ay mayroon (lamang) isang tupang babae, at siya ay nagsabi: “Ibigay mo yaon sa akin, at ako ay natalo niya sa pagsasalita (pangangatwiran).” 24. (Si David ay nangusap na hindi muna nakinig sa inihihinaing): “Siya ay walang alinlangan na nakagawa sa iyo ng kamalian

nang kanyang hingin ang nag-iisa mong babaeng tupa upang idagdag sa kanyang (kawan) ng babaeng tupa. At katotohanang marami sa mga magkakasama ang nang-aapi ng iba, maliban sa mga sumasampalataya at nagsisigawa ng kabutihan, at sila ay iilan lamang. At si David ay nakaramdam na siya ay Aming sinubukan at humingi siya ng kapatawaran sa kanyang Panginoon, nanikluhod, at yumuko (sa pagpapatirapa), at bumaling (kay Allah) sa pagsisisi. 25. Kaya't siya ay pinatawad Namin, at katotohanang sasakanya ang pagiging malapit niya sa Amin, at ng isang mainam na lugar (ng huling) Pagbabalik (Paraiso).

26. O David! Katotohanang ikaw ay ginawa Namin na maging tagapagmana sa kalupaan, kaya't ikaw ay humatol sa pagitan ng mga tao sa katotohanan (at katarungan), at huwag mong sundin ang iyong pagnanasa, sapagkat ito ang magliligaw sa iyo sa Landas ni Allah. Katotohanang sila na naglilibot nang ligaw sa landas ni Allah ay makakasumpong ng matinding kaparusahan sapagkat kinalimutan nila ang Araw ng Pagsusulit.

27. At hindi Namin nilikha ang kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito ng walang kadahilanan! Ito ang napag-aakala ng mga hindi sumasampalataya! Datapuwa't kasawian sa mga walang pananampalataya (sa Islam at Kaisahan ni Allah) mula sa Apoy (ng Impiyerno)! 28. Ituturing ba Namin na magkatulad ang mga sumasampalataya (sa Islam at Kaisahan ni Allah) at nagsisigawa ng kabutihan sa Mufsidun (mga mapagsamba sa mga diyus-diyosan at mapaggawa ng kabuktutan) sa kalupaan? Ituturing ba Namin ang Muttaqun (mga matutuwid at mabubuting tao

na labis na nangangamba kay Allah at nagsisikap na malayo sa kasamaan at umiiwas sa Kanyang ipinagbabawal) bilang mga Fujjar (tampalasan, kriminal, walang pananalig, buktot, buhong, atbp.)? 29. Naririto ang isang Aklat (Qur'an) na Aming ipinanaog sa iyo na puspos ng biyaya, upang sila ay makapagmuni-muni sa mga Talata (Tanda) nito, at upang ang mga tao na may pang-unawa ay makatanggap ng paala-ala.

30. At kay David ay Aming ibinigay si Solomon (bilang anak). Gaano kainam siyang tagapaglingkod! Katotohanang siya ay laging bumabaling sa Amin sa pagsisisi! 31. Pagmasdan, itinambad sa kanyang harapan nang kinahapunan ang mga kabayo na lubos na sinanay at may mataas na lahi (na magagamit sa Jihad tungo sa Kapakanan ni Allah). 32. At siya ay nagsabi: "Tunay ngang higit kong pinahahalagahan ang kayamanan (mga kabayo) kaysa sa pag-aala-ala sa aking Panginoon (sa panghapong [Asr] pagdarasal)", hanggang ang oras ay lumipas at ang (araw) ay natakpan na ng lambong (ng gabi). 33. At kanyang sinabi: "Dalhin silang (mga kabayo) muli sa akin". At sinimulan niyang paraanin ang kanyang kamay sa ibabaw ng kanilang mga binti at kanilang leeg (hanggang sa huling kabayo).

34. At katotohanang Aming sinubukan si Solomon at Aming inilagay sa kanyang luklukan ang Jasadan (isang demonyo, upang pansamantalang mawala ang kanyang pinamamahalaang kaharian) datapuwa't nakabalik siya (sa kanyang luklukan at kaharian sa pamamagitan ng Kanyang Habag) kay Allah ng may pagsunod at sa pagsisisi. 35. Siya ay nagsabi: "O aking Panginoon! Ako ay patawarin Ninyo at Inyong pagkalooban ako ng isang kaharian na hindi

mapapasakamay ng iba pagkatapos ko. Katotohanang Kayo ang Tagapagbigay ng mga Biyaya nang walang pasubali. 36· At ipinailalim Namin ang Hangin sa kanyang kapangyarihan na umihip nang mabanayad sa kanyang pag-uutos anuman ang kanyang naisin, 37· At gayundin ang mga demonyo sa lipon ng mga Jinn (na kasama) ang lahat ng uri ng mga manggagawa at manlalangoy, 38· At gayundin ang iba pa na natatalian ng mga kadena. 39· (Winika ni Allah kay Solomon): "Ito ang Aming mga biyaya, kung ito man ay iyong ibigay (sa iba) o angkinin ito, walang pagsusulit ang itatanong (sa iyo)." 40· At katotohanang siya ay nasiyahan sa pagiging malapit sa Amin, at ng isang mainam na huling Pagbabalik (Paraiso).

41· At alalahanin ang Aming tagapaglingkod na si Job, nang siya ay manawagan sa Amin (na nagsasabi): "Katotohanan, ang demonyo ay naggawad sa akin ng siphayo (sa pagkakaroon ng sakit) at ng pagdurusa (sa pagkawala ng aking kayamanan). 42· (At winika ni Allah sa kanya): "Ipadyak mo ang iyong paa sa lupa; naririto ang sibol ng tubig upang ikaw ay makapaghugas, malamig, at nakakapagpaginhawang inumin." 43· At ibinalik Naming muli sa kanya ang kanyang angkan at pinarami ito sa gayon ding bilang, bilang isang Habag mula sa Amin at isang Paala-ala sa mga may pang-unawa. 44· "At hawakan mo ang isang bungkos ng manipis na damo at iyong hampasin (ang iyong asawa) at huwag mong sirain ang iyong sumpa (pangako)." Katotohanang siya ay natagpuan Namin na lubos na matiyaga at matimtiman. Gaano kainam siyang tagapaglingkod! Katotohanang siya ay laging bumabaling sa Amin sa pagsisisi!

45· At alalahanin ang Aming mga tagapaglingkod na si Abraham, Isaac at Hakob, na nagtataglay ng katatagan (sa pagsamba sa Amin), gayundin ng pang-unawa sa pananampalataya. 46· Katotohanang sila ay hinirang Namin sa pamamagitan nang pagkakaloob sa kanila ng mabuting bagay (ang pag-aala-ala sa tahanan sa Kabilang Buhay at ang kanilang pagpapaala-ala at pag-aanyaya sa mga tao na sundin si Allah at gumawa ng mabuting bagay tungo sa Kabilang Buhay). 47· At sila sa Aming Paningin ay katotohanang nasa lipon ng mga Hinirang at Pinakamainam! 48· At alalahanin si Ismail, Elisha at Dhul-Kifl; ang bawat isa sa kanila ay nasa lipon ng mga Pinakamainam.

49· Ito ay isang Paala-ala at katotohanang sa Muttaqun (mga matutuwid at matimtimang tao na labis na nangangamba kay Allah at umiiwas sa lahat ng uri ng kasalanan at masasamang gawa at nagmamahal kay Allah ng higit at gumagawa ng mabubuting bagay ayon sa Kanyang pag-uutos), ay mayroong isang magandang lugar ng huling Pagbabalik (Paraiso), 50· Isang Halamanan ng Walang Hanggan (Paraiso), na ang pintuan ay ibubukas sa kanila, 51· Rito sila ay magpapahingalay; dito sila ay magsisitawag sa mga bungangkahoy na masagana, at sa malinamnam na inumin, 52· At sa piling nila ay mga busilak na babae na tumitingin lamang sa kanilang asawa na katulad nila ang gulang. 53· Ito ang pangako sa inyo (na Muttaqun, mga matutuwid at matimtimang tao) sa Araw ng Pagsusulit! 54· (Sa kanila ay ipagbabadya): “Katotohanang ito ang Kasaganaan mula sa Amin na hindi magmamaliw.”

55· Oo, ito nga! Datapuwa’t sa Taghun (mga mapaggawa ng kamalian, palasuway kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita,

walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, kriminal, buhong, atbp.) sasakanila ang lugar ng kasamaan (Apoy ng Impiyerno) sa huling Pagbabalik! 56. Sa Impiyerno! Dito sila ay masusunog, at tunay ngang kasamaan ang lugar na ito para mamahinga! 57. Oo, ito nga! Kaya't hayaang ito ay lasapin nila. Isang kumukulong likido; at likido na maitim, madumi (mula sa nana ng sugat) at lubhang malamig! 58. At iba pang kaparusahan na katulad nito, lahat, nang sama-sama! 59. Ito ay isang pangkat na papasok na kasama ninyo (sa Apoy ng Impiyerno). Walang pagsalubong sa kanila! Katotohanang sila ay masusunog sa Apoy! 60. (Ang mga ligaw na tagasunod ay magsasabi sa nagligaw na mga pinuno): "Hindi, kayo rin! Wala ring pagsalubong sa inyo! Kayo (na mga manlilinlang) ang naging dahilan ng aming pagkapasok dito (sapagkat kami ay iniligaw ninyo sa buhay sa kalupaan), kaya't pagkasama-sama ng lugar na ito para himpilan!" 61. Sila ay magsasabi: "O Panginoon! Kung sinuman ang nagdala sa amin sa katatayuang ito, idagdag Ninyo sa kanila ang dalawang beses na kaparusahan sa Apoy!" 62. At sila ay magsasabi: "Ano ang nangyari sa amin, na hindi namin nakita ang mga tao na noon ay lagi naming ibinibilang sa lipon ng masasama?" 63. Sila ba ay itinuring namin bilang isang bagay ng panunuya, o ang aming mga mata kaya ay nabigo na mahiwatigan sila?" 64. Katiyakang ito ang tunay na katotohanan, ang magkapanabay na pagtatalo ng mga tao ng Apoy!

65. Ipagbadya mo (O Muhammad): "Ako ay isa lamang tagapagbabala at wala ng ibang Ilah (Diyos) maliban kay Allah (na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba), ang Nag-iisa, ang Kataas-taasan, ang Hindi Mapapasubalian,

66. Ang Panginoon ng kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito, ang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Lagi nang Nagpapatawad." 67. Ipagbadya: " Ito (ang Qur'an) ay isang dakilang balita, 68. Na inyong nilalayuan! 69. Wala akong kaalaman sa mga pinuno (ng anghel) sa kaitaasan nang sila ay nagsisipagtalo at nagsasang-usapan sa kani-kanilang sarili (tungkol sa paglikha kay Adan). 70. Ito lamang ang ipinahayag sa akin; ako ay marapat na magbigay ng babala sa lahat nang maliwanag."

71. Pagmasdan! Nang ang iyong Panginoon ay nagwika sa mga anghel: "Katotohanang Ako ay lilikha ng tao mula sa malagkit na putik." 72. Nang Aking mahubog siya at mahingahan siya ng Aking espiritu (kanyang kaluluwa), kayo ay magsiluhod at magpatirapa sa kanya (bilang paggalang at hindi pagsamba). 73. Kaya't ang mga anghel ay nagpatira sa kanilang sarili, lahat sila nang sama-sama; 74. Maliban kay Iblis (isang Jinn na kasama ng mga anghel); siya ay mapagpalalo at naging isa sa mga palasuway sa pananampalataya (walang pananalig sa Karunungan ni Allah). 75. (Si Allah) ay nagwika: "O Iblis! Ano ang pumipigil sa iyong sarili na magpatirapa sa kanya na Aking nilikha ng Aking mga Kamay? Ikaw ba ay lubhang mapagmataas (upang magpatirapa kay Adan)? O ikaw ba ay isa sa mga mataas (sa kapangyarihan)?" 76. (Si Iblis) ay nagsabi: "Ako ay higit na mainam sa kanya. Ako ay nilikha Ninyo mula sa apoy, at siya ay Inyong nilikha mula sa malagkit na putik." 77. (Si Allah) ay nagwika: "Kung gayon, ikaw ay lumayas dito, sapagkat ikaw ay katotohanang itinakwil at isinumpa. 78. At katotohanan, ang Aking sumpa ay mananatili sa iyo hanggang sa Araw ng Paghuhukom."

79. (Si Iblis) ay nagsabi: "O aking Panginoon! Ako ay bigyan Ninyo ng palugit hanggang sa araw na (ang mga patay) ay ibabangon!" 80. (Si Allah) ay nagwika: "Katotohanan, ang palugit ay ipinagkaloob sa iyo, 81. Hanggang sa araw ng takdang panahon." 82. (Si Iblis) ay nagsabi: "Kung gayon, sa pamamagitan ng Inyong Kapangyarihan, aking hahatakin silang lahat sa pagkaligaw (sa Tuwid na Landas), 83. Maliban sa Inyong mga lingkod sa lipon nila (na matatapat, masunurin, tunay na may pananalig at pinadalisay [ng Inyong biyaya]). 84. (Si Allah) ay nagwika: "Ito ang Katotohanan, at ang Katotohanan ay aking sinasabi, 85. Walang pagsala na Aking pupunuin ang Impiyerno na kasama ka (Iblis) at sila na susunod sa iyo (sangkatauhan), lahat (kayo) nang sama-sama."

86. Ipagbadya (O Muhammad): "Wala akong hinihintay na kabayaran sa inyo rito (sa Qur'an), gayundin, ako ay hindi isa sa Mutakallifun (sila na nagkukunwari at gumagawa ng mga kabulaanan). 87. Ito (ang Qur'an) ay isa lamang Paala-ala sa lahat ng mga nilalang. 88. At katiyakang inyong mapag-aalaman ang katotohanan nito, makaraan lamang ang sandaling (paghihintay)."

Ang Mga Pangkat

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ang kapahayagan ng Aklat na ito (ang Qur'an) ay mula kay Allah, ang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan. 2. Walang alinlangang Kami ang nagpapanaog ng Aklat sa iyo (O Muhammad) sa katotohanan. Kaya't tanging paglingkuran si Allah (sa pamamagitan nang pagsunod sa mga gawa ng pananampalataya ng may katapatan tungo sa Kanyang Kapakanan at hindi bilang pagpapakita lamang), at huwag kang mag-akibat sa Kanya ng mga katambal sa pagsamba. 3. Hindi baga ang matapat na panalangin (at pagsunod) ay nararapat lamang kay Allah? Datapuwa't sila na nananalig sa iba pang Auliya (mga tagapagtanggol, tagapangalaga at kawaksi) bukod pa kay Allah ay nagsasabi: "Aming sinasamba lamang sila (mga diyus-diyosan) upang kami ay higit na mapalapit kay Allah." Katotohanang si Allah ang hahatol sa pagitan nila sa mga bagay na hindi nila pinagkasunduan. Katotohanang si Allah ay hindi namamatnubay sa kanya na isang sinungaling at walang pananampalataya.

4. Kung ninais lamang ni Allah na magkaroon ng anak (na lalaki, o mga supling) ay maaari Siyang pumili kung sino ang nakakalugod sa Kanya sa lipon ng Kanyang mga nilikha. Datapuwa't luwalhatiin Siya! (Higit Siyang mataas sa mga ito). Siya si Allah, ang Tanging Isa, ang

Hindi Mapapasubalian. 5. Nilikha Niya ang kalangitan at kalupaan sa katotohanan (ganap na sukat). Kanyang ginawa na ang gabi ay lumagom sa maghapon, at ang maghapon ay lumagom sa gabi. Ipinailalim Niya ang araw at buwan (sa Kanyang pag-uutos); at ang bawat isa ay tumatakbo (sa takdang daan) sa natataningang panahon. Katotohanang Siya ang Pinakamakapangyarihan, ang Lagi nang Nagpapatawad.

6. Kanyang nilikha kayong lahat mula sa iisang tao (Adan); at nilikha Niya (sa katulad na kalikasan, alalaong baga, mula sa malagkit na putik) ang kanyang kasama (Eba). At ipinadala Niya sa inyo ang walong pares ng hayop (lalaki at babaeng tupa, kambing, baka, at kamelyo). Kanyang nilikha kayo sa sinapupunan ng inyong ina sa maraming baitang (antas) nang magkakasunod sa tatlong lambong ng kadiliman. Siya si Allah, ang inyong Panginoon at Tagapanustos; sa Kanya ang lahat ng Kapamahalaan at Paghahari. La ilaha ill Allah (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah). Paano kayo napalayo (sa inyong tunay na Panginoon)?

7. Kung inyong itatakwil (si Allah), katotohanang si Allah ay hindi nangangailangan sa inyo; datapuwa't hindi Niya naiibigan ang kawalan ng pasasalamat sa Kanyang mga alipin. Kung kayo ay may loob ng pasasalamat (sa pamamagitan ng pananampalataya), Siya ay nalulugod sa inyo. Walang sinumang may dala ng pasanin (kasalanan) ang maaaring magdala ng pasanin (kasalanan) ng iba. Sa huli, sa inyong Panginoon ang inyong pagbabalik, at Kanyang sasabihin sa inyo kung ano ang inyong ginawa (sa buhay

na ito). Sapagkat katotohanang ganap Niyang talastas ang lahat ng nasa puso (ng mga tao).

8. Kung ang ilang kaguluhan ay dumatal sa tao, siya ay naninikluhod sa kanyang Panginoon, at bumabaling sa Kanya sa pagsisisi; datapuwa't kung maigawad na Niya ang Kanyang paglingap sa kanya mula sa Kanyang Sarili ay nakakalimutan na niya ang kanyang ipinanikluhod noong una, at siya ay nagtatambal ng iba pa (sa pagsamba) kay Allah, upang iligaw ang iba sa Kanyang Tuwid na Landas. Ipagbadya: "Magpakaligaya kayo sa inyong kawalan ng pananampalataya sa maigsing sandali (lamang); katotohanang ikaw ay (isa) sa mga magsisipanahan sa Apoy!"

9. Siya kaya na masunurin kay Allah, na nagpapatirapa sa kanyang sarili o nakatindig (sa pagdarasal) sa mga oras ng gabi, na nangangamba sa Kabilang Buhay at umaasa sa Habag ng kanyang Panginoon (ay katulad ng isa na hindi nananampalataya)? Ipagbadya: "Sila kaya na may kaalaman ay katulad nila na walang kaalaman? Sila lamang na mga tao na may pang-unawa ang tatanggap ng paala-ala (alalaong baga, ang makakakuha ng aral sa mga Tanda at Talata ni Allah).

10. Ipagbadya (O Muhammad): "O kayo, na Aking (Allah) mga alipin na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam), pangambahan ang inyong Panginoon (Allah) at panatilihin ang inyong tungkulin sa Kanya. Kabutihan (ang gantimpala) sa mga gumagawa ng kabutihan sa mundong ito, at ang kalupaan ni Allah ay malawak (kaya't kung kayo ay hindi makasamba kay Allah sa isang pook, kung gayon, ay lumipat sa iba)! Sila lamang na matitiyaga ang tatanggap nang ganap ng kanilang gantimpala na hindi masusukat."

11. Ipagbadya (O Muhammad): "Katotohanang ako ay pinag-utusan na sumamba lamang kay Allah (sa pamamagitan nang pagsunod sa Kanya at paggawa ng mga gawang pananampalataya ng may katapatan tungo sa Kapakanan ni Allah at hindi isang pagpapakita lamang at huwag mag-akibat ng anumang katambal sa Kanya sa pagsamba)." 12. At ako ay pinag-utusan na manguna sa mga nagsusuko ng kanilang sarili kay Allah (sa Islam) bilang mga Muslim. 13. Ipagbadya (O Muhammad): "Katotohanang ako ay nangangamba kung ako ay susuway sa aking Panginoon, (at) sa Kaparusahan ng Dakilang Araw." 14. Ipagbadya (O Muhammad): "Si Allah lamang ang aking pinaglilingkuran, ng aking matapat (at natatanging) debosyon (pagiging matimtiman); 15. Maglingkod kayo kung sino ang nais ninyo maliban pa sa Kanya." Ipagbadya (O Muhammad): "Katotohanan, ang mga talunan ay sila na nagpalungi sa kanilang sariling kaluluwa at sa kanilang pamilya sa Araw ng Muling Pagkabuhay." Katotohanan, ito ang nagliliwanag na pagkatalo! 16. Sila ay natatakpan ng Apoy sa kanilang itaas at nasasapnan ng Apoy sa kanilang ibaba; sa ganito ay binabalaan ni Allah ang Kanyang mga tagapaglingkod: "O aking mga alipin! Kung gayon, inyong pangambahan Ako!"

17. At sa mga umiiwas sa Taghut (mga huwad na diyus-diyosan) sa pamamagitan ng hindi pagsamba sa kanila, at bumabaling kay Allah sa pagsisisi; sasakanila ang magandang balita; kaya't (iyong) ipahayag ang magandang balita sa Aking mga alipin, 18. Sila na nakikinig sa Salita (mabuting payo, La ilaha ill Allah [Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah], sa Kaisahan ni Allah, sa Islam, atbp.), at sumusunod

sa pinakamainam dito (tulad ng pagsamba lamang kay Allah at pag-iwas sa Taghut [mga diyus-diyosan]); sila ang mga pinatnubayan ni Allah at sila ang (mga tao) na may pang-unawa.

19. Siya kaya na ang Pag-uutos (Salita) ng kaparusahan ay inilapat sa kanya nang makatarungan (ay katulad niya na umiiwas sa kasamaan). Ikaw ba (O Muhammad) ay magliligtas sa kanya na nasa Apoy? 20. Datapuwa't sila na may pangangamba kay Allah at nagpapanatili ng kanilang katungkulan sa kanilang Panginoon; (para) sa kanila ay itinayo ang matatayog na mansiyon na patong-patong, na sa ibaba nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (alalaong baga, ang Paraiso). Ito ang Pangako ni Allah, at si Allah kailanman ay hindi sumisira sa Kanyang Pangako.

21. Hindi baga ninyo namamasdan na si Allah ang nagpapamalisbis ng tubig (ulan) mula sa alapaap at hinayaan Niya na ito ay sipsipin ng lupa, at pagkatapos ay Kanyang ginawa na ito ay sumibol bilang batis? At hinayaan Niya na sumibol dito ang iba't ibang pananim na may iba't ibang kulay; at pagkatapos ito ay nalanta at nanilaw, at ginawa Niya na ito ay matuyot at malasog. Katotohanang nasa mga ito ang isang Paala-ala sa mga tao na may pang-unawa.
22. Siya kaya na ang puso ay binuksan ni Allah sa Islam (naging Muslim) upang siya ay makatanggap ng liwanag mula kay Allah (ay hindi mainam kaysa sa may matigas na puso, alalaong baga, hindi Muslim)? Kasawian sa kanila na ang puso ay tumigas dahilan sa kawalan ng pag-aala-ala kay Allah! Sila ay lantad na naglilibot sa kamalian!

23. Si Allah ang nagpapapanaog sa pana-panahon ng pinakamagandang mensahe sa anyo ng isang Aklat, na ang

mga bahagi nito (Qur'an) ay magkakawangki sa kabutihan at katotohanan, at malimit na binabanggit. Ang balat ng mga may pangangamba sa kanilang Panginoon ay nanginginig (kung ito [ang Qur'an] ay kanilang dinadalit o napapakinggan). At ang kanilang balat at kanilang puso ay lumalambot sa pag-aala-ala kay Allah. Ito ang patnubay ni Allah. Pinapatnubayan Niya ang sinumang Kanyang maibigan at sinumang hayaan ni Allah na mapaligaw, sa kanya ay walang makakapamatnubay.

24. Siya kaya na haharapin niya ng kanyang mukha ang kahiya-hiyang Kaparusahan sa Araw ng Muling Pagkabuhay (ay katulad niya na napapangalagaan dito, at papasok nang mapayapa sa Paraiso)? At sa Zalimun (mga mapaggawa ng kamalian at mapagsamba sa mga diyus-diyosan) ay ipagbabadya: "Lasapin ninyo (ang bunga) ng inyong kinita!" 25. Sila na mga nauna sa kanila ay nagpasinungaling (sa kapahayagan), kaya't ang kaparusahan ay dumatal sa kanila sa landas na hindi nila inaasahan. 26. Kaya't ginawaran sila ni Allah na lasapin ang pagkaaba sa pangkasalukuyang buhay, datapuwa't higit na matindi ang Kaparusahan sa Kabilang Buhay, kung kanila lamang nalalaman!

27. At katotohanang Aming inihantad sa mga tao sa Qur'an na ito ang lahat ng uri ng paghahambing (talinghaga) upang sila ay makatanggap ng paala-ala. 28. Isang Qur'an sa (wikang) Arabik na walang anumang kalihisan (dito), upang kanilang maiwasan ang lahat ng kasamaan na ipinag-utos ni Allah na kanilang talikdan. 29. Si Allah ay nagpahayag ng isang talinghaga: Isang (lingkod) na tao na kasama sa karamihan ng mga nag-aakibat ng katambal (sa pagsamba kay Allah) at nagtatalo-talo sa bawat isa, at ng

isang (lingkod) na tao na nabibilang nang ganap sa isang panginoon (na sumasamba lamang kay Allah); sila baga ay magkatulad kung paghahambingin? Ang lahat ng mga pagluwalhati at pasasalamat ay kay Allah! Datapuwa't ang karamihan sa kanila ay walang kaalaman. 30. Katotohanang ikaw (O Muhammad, isang araw) ay mamamatay at katotohanang (isang araw) sila rin ay mamamatay. 31. At sa Araw ng Muling Pagkabuhay, kayo ay magsisipagtalo-talo sa harapan ng inyong Panginoon.

32. Kung gayon, sino pa kaya ang higit na gumagawa ng kamalian maliban sa kanya na umuusal ng kasinungalingan laban kay Allah, at nagtatakwil sa Katotohanan (sa Qur'an, kay Propeta Muhammad, sa Islam, sa Muling Pagkabuhay, sa gantimpala o kaparusahan ng mabubuti at masasamang gawa) kung ito ay dumatal sa kanya! Wala kaya sa Impiyerno ang tirahan ng mga walang pananampalataya? 33. At siya (Muhammad), na nagdala ng Katotohanan (ng Qur'an, Islam at Kaisahan ni Allah) at (sila) na nagpapatotoo dito (mga tunay na sumasampalataya sa Islam at Kaisahan ni Allah), sila ang mga tao na Muttaqun (mga banal, matimtimang tao na gumagawa ng katuwiran at kabutihan). 34. Sasakanila ang lahat ng kanilang naisin sa kanilang Panginoon; ito ang gantimpala ng Muhsinun (mga gumagawa ng kabutihan tungo sa Kapakanan ni Allah at ayon sa Sunna [pamamaraan at pagtuturo] ni Propeta Muhammad). 35. Upang si Allah ay magpatawad sa kanila sa kasamaan na kanilang ginawa at upang mabigyan sila ng gantimpala ayon sa pinakamainam na kanilang nagawa.

36. Hindi baga si Allah ay Sapat na para sa Kanyang tagapaglingkod? Datapuwa't sila ay nagtangka na takutin

kayo sa pamamagitan ng (mga diyus-diyosan na kanilang sinasamba) maliban pa sa Kanya! At sinumang pabayaan ni Allah na maligaw, sa kanya ay walang makakapamatnubay.
37. At sinumang patnubayan ni Allah, walang sinuman ang makapagliligaw sa kanya. Hindi baga si Allah ang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Panginoon ng Kagantihan (sa kasamaan o kabutihan)?
38. At katotohanan, kung sila ay inyong tatanungin kung sino ang lumikha ng kalangitan at kalupaan, walang pagsala na kanilang sasabihin: "Si Allah (ang lumikha sa kanila)." Ipagbadya: "(Kung gayon), sabihin ninyo sa akin ang mga bagay na inyong tinatawagan maliban pa kay Allah; kung si Allah ay magnais sa akin ng panganib, sila ba (mga diyus-diyosan) ay makapagpapaalis ng Kanyang panganib; at kung si Allah ay magnais ng ilang habag sa akin, sila ba (mga diyus-diyosan) ay makakapigil sa Kanyang Habag?" Ipagbadya: "Sapat na sa akin si Allah! Ang mga nagtitiwala sa Kanya (alalaong baga, ang mga sumasampalataya), ay nararapat na magbigay (sa Kanya) ng kanilang pagtitiwala."
39. Ipagbadya (O Muhammad): "O aking pamayanan! Gawin ninyo kung ano ang paraan ninyo, at gagawin ko rin ang ayon sa akin. Hindi maglalaon at inyong mapag-aalaman,
40. Kung kanino daratal ang kahiya-hiyang kaparusahan at kung kanino papanaog ang walang hanggang kaparusahan."
41. Katiyakang Aming ipinanaog sa iyo (O Muhammad) ang Aklat (ang Qur'an) sa Katotohanan upang (mapatnubayan) ang sangkatauhan. Siya na tumatanggap ng patnubay ay nagbibigay kapakinabangan sa kanyang sarili (kaluluwa); datapuwa't siya na naliligaw ay nagbibigay kapinsalaan sa kanyang sarili (kaluluwa). At ikaw (O Muhammad) ay hindi

isang Wakil (tagapamahala, katiwala o tagapagpatupad ng kanilang ginagawa) sa kanila.

42. Si Allah ang kumukuha ng kaluluwa (ng mga tao) sa sandali ng kanilang kamatayan, gayundin (sa kaluluwa ng mga tao) na hindi namatay sa sandali ng kanilang pagtulog. Hinahawakan Niya ang (kaluluwa) ng mga tao na ang kamatayan ay naitakda na (upang hindi na makabalik muli sa buhay, alalaong baga, sa kanyang nahihimlay na katawan), at ibinabalik Niyang muli (ang ibang kaluluwa sa kanilang katawan, alalaong baga, sa mga hindi pa nakatakdang mamatay), sa natataningan na panahon. Katotohanang naririto ang mga Tanda sa mga tao na matiim na nagmumuni-muni.

43. Ano? Kumuha ba sila ng iba bilang mga tagapamagitan maliban pa kay Allah? Ipagbadya: "Kahit na sila ay walang anumang kapangyarihan at karunungan?" 44. Ipagbadya: "Kay Allah lamang ang pag-aangkin ng (lahat ng) pamamagitan. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng lahat ng kapamahalaan sa kalangitan at kalupaan. Sa katapusan, sa Kanya kayong lahat ay muling ibabalik." 45. At kung si Allah lamang ang binabanggit, ang puso ng mga hindi nananampalataya ay napupuno ng pagkayamot (sa Kaisahan ni Allah); datapuwa't kung (ang ibang mga diyus-diyosan, halimbawa, ang lahat ng kanilang mga sinasamba katulad ni Hesus na anak ni Maria, Ezra, anghel, santo o santa, imahen, Jinn, pari, krus, atbp.) maliban pa sa Kanya ay nababanggit, pagmasdan, sila ay napupuspos ng kagalakan! 46. Ipagbadya (O Muhammad): "O Allah! Ang Tagapaglikha ng kalangitan at kalupaan! Ang Ganap na Nakakabatid ng lahat ng Ghaib (mga nakalingid, Kabilang

Buhay) at nakalantad. Kayo lamang ang makakapaghusga sa lipon ng Inyong mga alipin sa mga bagay na hindi nila pinagkasunduan." 47. At sa mga nagsigawa ng kamalian (mga sumasamba sa diyus-diyosan at walang pananalig sa Kaisahan ni Allah), kung kanila ang lahat ng nasa kalupaan at dito ay may higit pang iba; katotohanang ito ay iaalay nila upang ipangtubos sa kanilang sarili sa masamang kaparusahan sa Araw ng Muling Pagkabuhay; datapuwa't dito ay tatambad sa kanila (at magiging maliwanag) mula kay Allah, ang mga bagay na hindi nila naaala-ala! 48. Sapagkat ang kasamaan ng kanilang mga gawa ay tatambad sa kanila, at sila ay ganap na mapapalibutan ng mga bagay na noon ay tinutuya nila!

49. Ngayon, kung ang kapinsalaan ay dumapo sa tao, siya ay naninikluhod sa Amin; datapuwa't kung maigawad na Namin ang biyaya (mailigtas siya sa gayong kapinsalaan) mula sa Amin, siya ay nagsasabi: "Ito ay aking nakamtan dahilan sa tiyak na karunungan (na aking angkin)! Hindi, ito ay isa lamang pagsubok, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi nakakaunawa! 50. Katotohanan! Ang mga nauna sa kanila ay nagsasabi rin ng ganito. Datapuwa't ang lahat ng kanilang ginawa ay walang kapakinabangan sa kanila. 51. Kaya't ang bunga ng kanilang masamang gawa ay sumakmal sa kanila. At ang mapaggawa ng kamalian (sa lahing ito, sa mga tao, na ikaw Muhammad ay isinugo), ang masamang bunga ng kanilang gawa ay sasakmal din sa kanila, at sila ay hindi makakatakas! 52. Hindi baga nila nababatid na si Allah ang nagkakaloob ng mga ikabubuhay o nagkakait nito sa sinumang Kanyang maibigan? Katotohanan! Naririto ang mga Tanda sa mga may pananampalataya! 53. Ipagbadya " O

Ibadi (Aking mga alipin) na nagkasala (sa pagsuway) laban sa kanilang kaluluwa (sa pamamagitan nang paggawa nang masasamang asal at kasalanan)! Huwag kayong mawalan ng pag-asa sa Habag ni Allah; sapagkat katotohanang si Allah ay nagpapatawad ng lahat ng kasalanan. Katotohanang Siya ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 54· Datapuwa't magsibaling kayo sa inyong Panginoon (sa pagtitika) at isuko (ninyo ang inyong sarili) sa Kanya, bago dumatal sa inyo ang pagpaparusa. Matapos ito, kayo ay hindi na matutulungan.

55· At sundin ang Pinakamainam (ang Qur'an, gawin ninyo ang ipinag-uutos nito at talikdan ang ipinagbabawal nito) na ipinahayag sa inyo mula sa inyong Panginoon, bago ang Kaparusahan ay sumapit sa inyo nang walang kaabog-abog, sa panahon na hindi ninyo napag-aakala! 56· (Marahil) baka ang isang tao (kaluluwa) ay magsasabi: "Ah! Kasawian sa akin! Aking napabayaan (ang aking tungkulin) kay Allah, at ako ay isa lamang sa bunton ng mga nanunuya (sa katotohanan ng La ilaha ill Allah [Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah])! 57· O (marahil) baka siya ay makapagsabi: "Kung si Allah ay namatnubay lamang sa akin, walang pagsala, disin sana ako ay napabilang sa Muttaqun (mga matutuwid at mabubuting tao na nangangamba nang labis kay Allah at umiiiwas sa lahat ng mga kasalanan at nagmamahal sa Kanya ng higit at nagsasagawa ng lahat Niyang ipinag-uutos)!" 58· O (marahil) baka siya ay magsabi, kung kanyang (lantad) na mamasdan ang Kaparusahan: "Kung mayroon lamang sana ako na isa pang pagkakataon (upang makabalik sa makamundong buhay), kung gayon, walang pagsala

na ako ay mapapabilang sa Muhsinun (mga gumagawa ng katuwiran at kabutihan)!" 59. (Ang kasagutan ay ito): "Tunay! Katotohanang dumatal sa inyo ang Aking Ayat (mga tanda, aral, katibayan, kapahayagan, atbp.) at inyong itinakwil ang mga ito; at kayo ay mga palalo at napabilang sa mga nagtatatwa ng pananampalataya!" 60. At sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay inyong mapagmamasdan sila na nagsasabi ng kasinungalingan laban kay Allah (alalaong baga, nag-akibat sa Kanya ng mga anak, katambal, kahati, atbp.). Ang kanilang mukha ay nangingitim; wala baga sa Impiyerno ang tirahan ng mga palalo? 61. Datapuwa't si Allah ang magliligtas sa Muttaqun (mga matutuwid at mabubuting tao na labis na nagmamahal at nangangamba kay Allah) sapagkat kanilang inani ang kanilang kaligtasan. Walang anumang kasamaan ang darapo sa kanila, gayundin, sila ay hindi malulumbay.

62. Si Allah ang Manlilikha ng lahat ng bagay, at Siya ang Wakil (Katiwala, Tagapangalaga at Tagapagpatupad) ng mga pangyayari sa lahat ng bagay. 63. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng mga susi ng kalangitan at kalupaan. At sinuman ang nagtatakwil sa Ayat (mga tanda, aral, katibayan, kapahayagan, atbp.) ni Allah, sila ang mapapariwara. 64. Ipagbadya mo (O Muhammad sa mga sumasamba sa diyus-diyosan): "Ako ba ay inuutusan ninyo na sumamba sa iba maliban pa kay Allah? O kayo na mga walang pag-iisip!" 65. Datapuwa't katiyakang ito ay inihayag sa iyo (O Muhammad), na katulad din nang pagkapahayag (sa mga Tagapagbalita ni Allah) na una pa sa iyo: "Kung kayo ay magtatambal (ng iba pang diyus-diyosan kay Allah), katotohanang walang magiging saysay ang inyong mga

gawa (sa buhay na ito), at walang pagsala na kayo ay kasama sa mga mapapariwara." 66. Hindi, datapuwa't sambahin (lamang) ninyo si Allah, at nang kayo ay mapabilang sa mga nagbibigay ng pasasalamat.

67. Hindi sila nagbigay ng makatuwirang pagtuturing kay Allah na nalalaan sa Kanya. Sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ang buong kalupaan ay isang dakot lamang ng Kanyang Kamay, at ang kalangitan ay gugulong sa Kanyang kanang Kamay. Luwalhatiin Siya! Higit Siyang mataas sa lahat ng mga itinatambal sa Kanya! 68. At ang Tambuli ay patutunugin, at ang lahat ng nasa kalangitan at kalupaan ay hihimatayin, maliban sa kanya na pinili ni Allah. Hindi magtatagal, ang pangalawang pagtunog ay gagawin, at pagmasdan, sila ay magsisitindig at magsisitanaw (sa paghihintay)! 69. At ang kalupaan ay magluluningning mula sa liwanag ng kanyang Panginoon (si Allah, sa Kanyang pagparito upang hatulan ang sangkatauhan). Ang Talaan (ng mga gawa) ay ipapatong nang nakabukas. Ang mga propeta at mga saksi ay itatanghal sa harapan at ang makatarungang pagpapasya ay ipagbabadya sa kanila; at sila ay hindi malalapatan ng kahit na anumang katiting na kamalian (kawalang katarungan). 70. At ang bawat tao (kaluluwa) ay babayaran nang ganap (sa naging bunga) ng kanyang mga gawa; at si Allah ang Ganap na Nakakaalam ng lahat nilang ginagawa.

71. Ang mga hindi sumasampalataya ay itataboy sa Impiyerno sa mga pangkat, hanggang nang kanilang marating ito, ang mga tarangkahan nito ay biglang bubukas (na katulad ng isang bilangguan sa pagdating ng mga bilanggo), at ang kanyang mga tagapagbantay ay magsasabi: "Hindi baga dumatal sa inyo ang mga Tagapagbalita na mula

sa lipon ninyo na dumadalit sa inyo ng mga Talata ng inyong Panginoon at nagbababala sa inyo ng inyong pakikipagtipan sa Araw na ito? Sila ay magsasabi: “Tunay nga, datapuwa’t ang salita ng Kaparusahan ay ginawang makatarungan laban sa mga walang pananananampalataya!” 72. Sa kanila ay ipagbabadya: “Magsipasok kayo sa mga tarangkahan ng Impiyerno upang manahan dito. At katotohanang ito ay masamang tirahan sa mga mapagpaimbabaw!”

73. At sila na may pagkatakot sa kanilang Panginoon ay aakayin sa Halamanan (Paraiso) sa mga pangkat, hanggang nang kanilang sapitin at mamasdan ito, ang kanyang mga tarangkahan ay ibubukas (bago ang kanilang pagpasok sa pagtanggap sa kanila), at ang tagapagbantay nito ay mangungusap: “Salamun Alaikum (Ang kapayapaan ay sumainyo)! Nagsigawa kayo ng kagalingan, kaya’t magsituloy kayo upang dito manirahan.” 74. At sila ay mangungusap: “Ang lahat ng pagluwalhati at pasasalamat ay kay Allah, na katotohanang tumupad sa Kanyang pangako sa amin at naggawad sa amin ng lupang ito bilang pamana. Kami ay makakapanirahan sa Paraiso saan man namin naisin. Pagmalasin kung gaano kainam ang gantimpala sa mga (matimtiman) na nagsigawa ng kabutihan!” 75. At inyong mapagmamalas ang mga anghel na nakapalibot sa Luklukan (ni Allah) sa lahat ng paligid na humihimig ng pagluwalhati at pagpupuri sa kanilang Panginoon (Allah). At ang (lahat ng mga nilikha) ay hahatulan sa katotohanan, at (sa bawat sulok) ang lahat ng panambitan ay: “Ang lahat ng pagluwalhati at pasasalamat ay kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang!”

Ang Mga Sumasampalataya

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ha, Mim (mga titik Ha, Ma).

2. Ang kapahayagan ng Aklat na ito (Qur'an) ay mula kay Allah, ang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Puspos ng Karunungan. 3. Na nagpapatawad ng kasalanan, ang tumatanggap ng pagsisisi, ang mahigpit sa kaparusahan, ang ganap na mapagkaloob. La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), sa Kanya ang Huling Hantungan.

4. Walang sinuman ang makakapagpasubali (sa pagtatalo) sa Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.) ni Allah maliban sa mga hindi sumasampalataya. Kaya't huwag hayaan ang kanilang paglilibot sa kalupaan (sa kanilang mga minimithi) ay makadaya sa iyo (O Muhammad, ang kanilang pangwakas na hantungan ay Apoy ng Impiyerno)! 5. Datapuwa't (may mga tao) bago pa sa kanila ang nagtatwa sa (mga Tanda). Ang mga tao ni Noe at ang magkakapangkat na sumunod sa kanila; at ang bawat pamayanan ay nagtangka ng masama sa kanilang propeta upang hulihin siya, ang makipagtalo sa kanya sa paraan ng mga kapalaluan upang kanilang mabaligtad ang katotohanan. Datapuwa't Ako ang sumakmal sa kanila (sa kaparusahan)! At gaano katindi ang Aking pagpaparusa! 6. Kaya't sa ganito ang Salita ng inyong Panginoon ay naging

makatuwiran laban sa mga walang pananampalataya at katotohanang sila ay magsisipanirahan sa Apoy!

7. Sila (na mga anghel) na nagtatangan ng Luklukan (ni Allah) at sila na nakapalibot dito ay humihimig nang pagluwalhati at pagpupuri sa kanilang Panginoon; at sumasampalataya sa Kanya; at naninilukhod ng pagpapatawad sa mga sumasampalataya (na sumasambit): "O aming Panginoon! Kayo ang nakakasakop sa lahat ng bagay, sa biyaya at karunungan; Inyong patawarin sila na nagbabalik loob sa pagsisisi at tumatahak sa Inyong Landas at sila ay iadya Ninyo sa kaparusahan ng Naglalagablab na Apoy!" 8. "At ipagkaloob Ninyo, O aming Panginoon!, na sila ay magsipasok sa Halamanan ng Walang Hanggan (Paraiso) na Inyong ipinangako sa kanila, at sa mga matutuwid sa lipon ng kanilang mga ama, ng kanilang mga asawa, at sa kanilang mga angkan! Sapagkat Kayo lamang ang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan. 9. At Inyong panatilihin sila na ligtas sa (lahat) ng mga karamdaman (at kaparusahan) dahilan sa kanilang mga kasalanan at sinuman ang Inyong iligtas (sa kaparusahan) sa Araw na yaon, katotohanan na siya ay Inyong kinupkop ng Inyong habag, at ito ang tunay na mataas na tagumpay."

10. Ang mga hindi sumasampalataya ay pagsasabihan (sa sandali ng kanilang pagpasok sa Apoy): "Higit ang pagkaayaw ni Allah sa inyo (sa buhay sa mundong ito noong sila ay nagtakwil sa Pananampalataya) kaysa ang pag-ayaw ninyo sa inyong sarili sa isa't isa (na ngayon ay nasa Apoy ng Impiyerno), dahilan sa kayo ay tinawagan sa pananampalataya at naging hirati na kayo sa pag-ayaw." 11. Sila ay mangungusap: "Aming Panginoon! Dalawang

ulit na kami ay Inyong ginawa na mamatay (alalaong baga, kami ay patay mula sa laman ng aming ama at naging patay pagkatapos na pumanaw sa mundong ito) at kami ay dalawang ulit na ginawa Ninyo na mabuhay (alalaong baga, ang mabuhay ng kami ay ipinanganak at mabuhay muli sa araw ng pagbangon)! Ngayon ay aming nakilala ang aming mga kasalanan, mayroon baga kayang paraan na kami ay makawala rito?" 12. (At dito ay ipagbabadya): "Ito'y sa dahilan na noong si Allah lamang ang tinatawagan (upang sambahin), kayo ay nagtatakwil sa pananampalataya, datapuwa't kung ang iba pang diyus-diyosan ay itambal sa Kanya, kayo ay nagsisisampalataya! Ang pag-uutos ay na kay Allah, ang Kataas-taasan, ang Pinakadakila!"

13. Siya (Allah) ang nagpamalas sa inyo ng Kanyang Ayat (mga kapahayagan, katibayan, aral, tanda, atbp.) at nagparating sa inyo ng inyong ikabubuhay mula sa kalangitan; datapuwa't sila lamang na tumatanggap ng paala-ala ang nagbabalik loob (kay Allah). 14. Kaya't tawagan mo (O Muhammad at kayo na mga sumasampalataya) si Allah ng may matimtimang debosyon sa Kanya kahit na ang mga hindi sumasampalataya ay mapoot dito. 15. Siya ay Mataas sa Kanyang mga Katangian. Siya ang Panginoon ng Luklukan. Sa pamamagitan ng Kanyang pag-uutos ay Kanyang isinusugo ang Kanyang inspirasyon (patnubay) sa sinuman sa Kanyang mga alipin na Kanyang maibigan, upang (Kanyang) mabigyang babala (ang mga tao) sa araw ng pakikipagtipan (Araw ng Muling Pagkabuhay), 16. Ang Araw na silang (lahat) ay magsisitambad. Walang anumang bagay ang nakalingid kay Allah. Kanino pa kaya ang kaharian sa araw na yaon? Ito ay kay Allah, ang Nag-

iisa, ang hindi mapapangibabawan! 17. Sa Araw na yaon ang bawat tao (kaluluwa) ay babayaran sa anumang kanyang kinita. Walang anumang di katarungan ang mananaig sa Araw na yaon sapagkat si Allah ay Maagap sa pagsusulit.

18. Sila ay bigyan mo (O Muhammad) ng babala sa Araw na papalapit na (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay), kung ang mga puso ay mangyaring bumara sa kanilang lalamunan at hindi nila maibabalik ang kanilang (mga puso) sa kanilang dibdib at gayundin na ito ay kanilang iluwa. Walang sinumang kaibigan o tagapamagitan ang makakamtan ng Zalimun (mga hindi sumasampalataya, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, mapaggawa ng kabuktutan, atbp.) upang makinig sa kanila. 19. Si Allah ang nakakabatid sa lahat ng pagtataksil (kadayaan) ng mga mata, at ng lahat ng mga itinatago ng mga puso (ng mga tao). 20. At si Allah ay hahatol sa katotohanan (ng may katarungan) datapuwa't ang kanilang mga tinatawagan maliban pa sa Kanya ay hindi makakahatol sa anumang bagay. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakakamasid, ang Lubos na Nakakarinig (ng lahat ng bagay).

21. Hindi baga sila nagsisipaglakbay sa kalupaan at napagmamalas kung ano ang kinasapitan ng mga nangauna sa kanila? Sila ay higit na mainam sa kanila sa lakas at sa mga bakas (na kanilang naiwan) sa kalupaan. Datapuwa't si Allah ay sumakmal sa kanila sa kaparusahan dahilan sa kanilang kasalanan. At walang sinuman ang makakapangalaga sa kanila laban kay Allah. 22. Sapagkat sa kanila ay dumatal ang mga Tagapagbalita na may maliwanag (na mga Tanda), datapuwa't itinakwil nila ito, kaya't sila ay sinakmal ni

Allah ng kaparusahan. Katotohanang si Allah ay Ganap na Malakas, ang Mahigpit sa Kaparusahan.

23. Noon pang una, katotohanang Aming isinugo si Moises na dala ang Aming Ayat (mga kapahayagan, katibayan, aral, tanda, atbp.) at nang nagliliwanag na kapamahalaan, 24. Kay Paraon, Haman at Korah; datapuwa't kanilang tinawag (siya na): "Isang manggagaway na nagsasabi ng kasinungalingan!" 25. At nang ibigay niya sa kanila ang Katotohanan mula sa Amin, sila ay nangusap: "Patayin ninyo ang mga anak na lalaki ng mga mananalig sa kanya, at hayaan ninyo ang kanilang kababaihan na mabuhay." Datapuwa't ang tangka ng mga hindi sumasampalataya (ay nagwakas) sa wala maliban sa kamalian (at maling haka-haka)!

26. Sinabi ni Paraon: "Ako ay iwan ninyo upang (aking) patayin si Moises; at hayaan siyang tumawag sa kanyang Panginoon! Ang aking pinangangambahan ay baka baguhin niya ang inyong paniniwala, o baka siya ay maging sanhi ng mga kalokohan dito sa kalupaan!" 27. Si Moises ay nagsabi: "Katotohanang ako ay nanawagan sa aking Panginoon at inyong Panginoon (bilang pananggalang) sa bawat palalo na hindi sumasampalataya sa Araw ng Pagsusulit!"

28. Isang nananampalataya, isang tao mula sa pamayanan ni Paraon, na naglilingid ng kanyang pananampalataya ang nagsabi: "Iyo bang papatayin ang isang tao dahilan sa siya ay nagsasabi ng: "Ang aking Panginoon ay si Allah?", kung siya ay katotohanang pumarito sa iyo na may maliwanag na mga Tanda (mga katibayan) mula sa iyong Panginoon? At kung siya man ay maging sinungaling, sasakanya (ang kasalanan) ng kanyang kasinungalingan; datapuwa't kung siya ay nagsasabi ng katotohanan, kung gayon ay sasapit

sa iyo ang mga bagay (ng kapinsalaan) na kung saan ikaw ay kanyang pinaaalalahanan. Katotohanang si Allah ay hindi namamatnubay sa Musrif (isang mapagsamba sa diyus-diyosan, isang mamatay tao na nagpapadanak ng dugo ng walang karapatan, sila na gumagawa ng malalaking kasalanan, mapang-api at lumalabag sa mga utos), na isang nagsisinungaling!" 29. "O aking pamayanan!, nasa sa inyo ngayon ang kapamahalaan sa araw na ito. Nasa sa inyo ang mataas na kamay (kapangyarihan) sa kalupaan; datapuwa't sino ang tutulong sa atin sa kaparusahan ni Allah kung ito ay dumatal sa atin?" Si Paraon ay nagsabi: "Itinuturo ko lamang sa iyo kung ano ang aking nakikita (sa aking sarili); at hindi rin kita pinapatnubayan maliban sa landas ng katuwiran!"

30. At nangusap ang tao na sumasampalataya: "O aking pamayanan! Katotohanang ako ay nangangamba para sa inyo sa isang bagay na katulad ng araw (ng kapahamakan) ng mga magkakapangkat (ng panahong nauna)! 31. Na katulad nang kinasapitan ng mga angkan ni Noe, ni A'ad, at ni Thamud, at sa mga sumunod sa kanila. Datapuwa't si Allah ay hindi kailanman naghahangad ng kawalang katarungan sa Kanyang mga lingkod. 32. "At, O aking pamayanan! Pinangangambahan ko sa inyo ang Araw na magkakaroon nang sabay na pagtatawagan (sa pagitan ng mga tao nang Impiyerno at Paraiso), 33. Sa Araw na kayo ay tatalikod at tatalilis. Walang sinumang tagapagtanggol ang maaasahan ninyo mula kay Allah. Sinumang naisin ni Allah na mapaligaw, walang sinuman ang sa kanya ay makakapamatnubay.

34. "At sa inyo ay dumatal si Hosep, sa mga panahong

lumipas na may dalang maliwanag na mga Tanda, datapuwa't hindi kayo tumigil sa pag-aalinlangan tungkol (sa misyon) kung bakit siya ay isinugo; at sa kalaunan nang siya ay mamatay, kayo ay nagsabi: Wala ng iba pang Tagapagbalita ang ipapadala ni Allah pagkatapos niya". At sa ganito ay hinahayaan ni Allah na maligaw ang isang tampalasan at isang lagi nang may pag-aalinlangan (sa mensahe at Kaisahan ni Allah). 35. Sila na nagsisipagtalo tungkol sa mga Tanda ni Allah na walang anumang kapamahalaan ang iginawad sa kanila, ito ay katotohanang nakakasuklam sa paningin ni Allah at ng mga sumasampalataya. Sa ganito ay ipinipinid ni Allah ang puso ng bawat mapagpaimbabaw at mapaniil (upang hindi nila mapatnubayan ang kanilang sarili sa tamang landas).

36. Si Paraon ay nagsabi: "O Haman! Itindig mo sa akin ang isang matayog na palasyo, upang aking marating ang mga daan, 37. Ang mga daan upang (maabot) ko ang kalangitan, at doon ay aking makita ang Diyos ni Moises; datapuwa't katotohanan, inaakala ko na siya ay sinungaling!" Kaya't ito ay ginawang kalugod-lugod sa paningin ni Paraon, ang kasamaan ng kanyang mga gawa, at siya ay hinadlangan sa tamang landas at ang tangka ni Paraon ay naghatid sa kanya sa wala maliban sa pagkapariwara at kapinsalaan (sa kanya).

38. Ang tao na sumasampalataya ay muling nagsalita: "O aking pamayanan! Inyong sundin ako, at aking papatnubayan kayo sa tumpak na landas (alalaong baga, aking papatnubayan kayo sa Relihiyon ni Allah, ang Kaisahan ni Allah at sa Islam na rito ay isinugo si Moises)." 39. "O aking pamayanan! Ang pangkasalukuyang buhay na ito ay isa lamang (pansamantalang) kasiyahan.

Ang Kabilang Buhay ang siyang tahanan na magtatagal.”
40. “Siya na gumawa ng kasamaan ay hindi babayaran
maliban sa katumbas nito; at siya na gumawa ng matutuwid
na gawa, lalaki man o babae, at isang mananampalataya;
sila ang magsisipasok sa Halamanan (ng kaligayahan).
Dito, sasakanila ang kasaganaan na walang hanggan.”
41. “At, O aking pamayanan! (Lubhang pambihira) na
kayo ay tinatawagan ko para sa inyong kaligtasan habang
ako naman ay tinatawagan ninyo sa Apoy!” 42. “Ako ay
tinatawagan ninyo upang manungayaw nang laban kay
Allah at mag-akibat sa Kanya ng mga katambal na rito
ay wala akong kaalaman. Aking tinatawagan kayo sa
Kanya na Kataas-taasan sa Kapangyarihan at Lagi nang
Nagpapatawad (ng mga kasalanan) nang Paulit-ulit!”
43. “Walang alinlangan na hinahangad ninyong manawagan
ako sa kanya (diyus-diyosan) na walang kaangkinan upang
tawagan maging sa mundong ito o sa Kabilang Buhay. Ang
ating pagbabalik ay kay Allah at ang mga tampalasan sa
paglabag ay maninirahan sa Apoy!” 44. “Hindi magtatagal
ay inyong maaala-ala kung ano ang aking sinasabi sa inyo
(ngayon). Ang aking (sariling) pangyayari (kahahantungan)
ay inilalaan ko kay Allah; sapagkat si Allah ay lagi nang
nagmamasid sa Kanyang mga lingkod.”

45. Kaya’t iniligtas siya ni Allah sa lahat ng mga kasamaan
na tinangka nila (laban sa kanya), habang ang masamang
kaparusahan ay bumalot sa pamayanan ni Paraon. 46. Sa
Apoy; sila ay nakatambad dito sa umaga at hapon at sa
araw na ang Takdang Sandali ay ititindig (ang mga anghel
ay pagsasabihan): “Hayaan ang pamayanan ni Paraon ay
pumasok sa pinakamatinding kaparusahan!”

47· At pagmasdan! Sila ay magsisipagtalo-talo sa apoy! Ang mga mahihina (na sumunod) ay magsasabi sa mga palalo: “Aming sinunod lamang kayo, mangyaring kunin ninyo sa amin ang ilang bahagi ng Apoy?” 48· Sila na mga palalo ay magsasabi: “Tayong lahat (ay sama-sama) sa (Apoy) na ito. Katotohanang si Allah ay humatol sa pagitan ng Kanyang mga lingkod!” 49· Sila na nasa Apoy ay magsasabi sa mga tagapagbantay ng Impiyerno: “Manalangin kayo sa inyong Panginoon na pagaanin sa amin ang kaparusahan ng Apoy kahit na sa isang araw (lamang)!” 50· Sila ay mangungusap: “Hindi baga nakarating sa inyo ang mga Tagapagbalita na may dalang maliwanag na mga Tanda at Katibayan?” Sila ay magsasabi: “Tunay nga.” Sila ay papakli: “Kung gayon, manalangin kayo (sa nais ninyo)! Datapuwa’t ang panalangin ng mga walang pananampalataya ay walang saysay maliban sa kamalian!”

51· Katotohanan na walang pagsala na Aming gagawin na matagumpay ang Aming mga Tagapagbalita at ang mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah, sa Islam) sa buhay sa mundong ito at sa Araw na ang mga saksi ay magsisitambad (sa Araw ng Muling Pagkabuhay), 52· Sa Araw na ang kanilang mga dahilan ay walang magiging kapakinabangan sa Zalimun (mga tampalasan, buktot, mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, atbp.). Sasakanila ang sumpa at ang tahanan ng kapighatian (kaparusahan sa Impiyerno). 53· Noong panahong nauna ay katotohanang Aming ibinigay kay Moises ang Patnubay at hinayaan Namin ang Angkan ng Israel ay magmana sa Kasulatan (alalaong baga, ang Torah [mga Batas]). 54· Isang patnubay at paala-ala sa mga tao na may pang-unawa.

55. Kaya't maging matimtiman (O Muhammad). Katotohanan, ang pangako ni Allah ay tunay, at humingi ng kapatawaran sa iyong pagkukulang at luwalhatiin sa pagpupuri ang iyong Panginoon sa dapithapon at sa umaga.
56. Katotohanan, sila na nagsisipagtalo sa Ayat (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral, atbp.) ni Allah, na sa kanila ay walang kapamahalaang iginawad, wala ng iba pa ang nasa kanilang dibdib maliban (sa paghanap) ng kapalaluan (ayaw tumanggap kay Propeta Muhammad bilang isang Tagapagbalita ni Allah at sundin siya). Hindi nila ito makakamit (ang pagiging propeta na ipinagkaloob ni Allah sa iyo). Kaya't humanap ka (O Muhammad) ng kanlungan kay Allah (laban sa mga palalo); katotohanang Siya ang Lubos na Nakakarinig, ang Ganap na Nakakamasid (ng lahat ng bagay). 57. Katotohanan, ang pagkalikha sa mga kalangitan at kalupaan ay higit na mataas (na bagay) kaysa sa pagkalikha ng tao; datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay walang kaalaman. 58. Hindi magkatulad ang mga bulag at mga nakakakita (nang maigi); gayundin naman, hindi magkatulad ang mga gumagawa ng kabutihan at mga gumagawa ng kabuktutan. Kakarampot lamang ang natutuhan ninyo mula sa pagpapaala-ala! 59. Ang Sandali ay walang pagsalang daratal; dito ay walang alinlangan. Datapuwa't ang karamihan ng mga tao ay hindi sumasampalataya.
60. At ang inyong Panginoon ay nagsabi: "Manawagan kayo sa Akin; diringgin Ko ang inyong panalangin, datapuwa't sila na lubhang palalo na maglingkod sa Akin ay katotohanang papasok sa Impiyerno na hindi magbabawa (ang Apoy)." 61. Si Allah ang lumikha ng Gabi sa inyo upang

kayo ay makapagpahingalay, at ng Araw, upang mabigyan kayo ng liwanag. Katotohanang si Allah ay Tigib ng Biyaya sa mga tao; datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay walang pasasalamat. 62. Siya si Allah, ang inyong Panginoon, ang lumikha ng lahat ng bagay. La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya); kung gayon, bakit kayo naligaw nang malayo sa katotohanan (sa pagsamba sa iba pa maliban pa kay Allah)! 63. Sa ganito Namin itinataboy ang mga tao na nagtatakwil sa Ayat (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral, atbp.) ni Allah.

64. Si Allah ang lumikha para sa inyo ng kalupaan bilang inyong pahingahan, at ng alapaap bilang isang kulandong, at Kanyang binigyan kayo ng hubog at ginawa Niya ang inyong mga hugis na maganda, at naggawad Siya sa inyo ng ikabubuhay; ng mga bagay na dalisay at mabuti. Siya si Allah, ang inyong Panginoon. Kaya't luwalhatiin si Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang! 65. Siya ang Walang Hanggang Buhay. La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya); kaya't manawagan kayo sa Kanya at ibigay ninyo sa Kanya ang inyong matapat na debosyon. Purihin si Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang!

66. Ipagbadya (O Muhammad): "Ako ay pinagbawalan na sambahin ang anumang inyong sinasamba tangi pa kay Allah; sapagkat aking namasdan ang mga maliwanag na Tanda na dumatal sa akin mula sa aking Panginoon at ako ay pinag-utusan na tumalima (sa Islam) at sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang." 67. Siya (Allah) ang lumikha sa inyo mula sa alabok (Adan), at pagkatapos ay mula sa Nutfah

(magkahalong patak ng semilya ng lalaki at babae, alalaong baga, mga supling ni Adan), at pagkatapos ay naging tila lintang kimpal ng laman, at pagkatapos ay inilabas kayo (sa liwanag) bilang isang sanggol; at Kanyang hinayaan kayo (na lumaki) sa hustong gulang na puno ng lakas; at pagkatapos ay Kanyang hinayaan kayo sa pagtanda, bagama't ang iba sa inyo ay namatay nang maaga; at hinayaan Niya na marating ninyo ang natataningang panahon; upang kayo ay makaunawa. 68. Siya (Allah) ang naggagawad ng Buhay at Kamatayan; at kung Siya ay magpasya sa isang pangyayari, Siya ay magwiwika lamang ng: "Mangyari nga!" at ito ay magaganap.

69. Hindi baga ninyo namamasdan sila na nagsisipagtalo tungkol sa Ayat (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral, atbp.) ni Allah? Tingnan kung paano sila lumalayo (sa Katotohanan, alalaong baga, ang Kaisahan ni Allah laban sa kabulaanan nang pagsamba sa mga diyus-diyosan)? 70. Sila na nagtatakwil sa Aklat (ang Qur'an) at sa (kapahayagan) na Aming ipinadala sa Aming mga Tagapagbalita (alalaong baga, ang sumamba lamang kay Allah at magtakwil sa lahat ng mga huwad na diyus-diyosan at magpahayag ng muling pagkabuhay matapos ang kamatayan); hindi maglalaon ay kanilang mapag-aalaman (kung sila ay ihahagis na sa apoy ng Impiyerno), 71. Kung ang kuwelyong bakal ay ipupulupot na sa kanilang leeg, at ang kadena; sila ay hahataking kasama nito, 72. Sa kumukulong tubig na maanta, at sa Apoy sila ay susunugin. 73. At sa kanila ay ipagsasaysay: "Nasaan ang (lahat) ng mga diyus-diyosan na inyong binibigyan ng inyong pagsamba (at iniaakibat bilang mga katambal) - 74. Maliban pa kay Allah?" Sila ay magsisisagot: "Sila ay

nawalang bula sa amin. Hindi, kami ay hindi nanawagan (sa pagsamba) sa anupaman maging noong una." Kaya't sa ganito inaakay ni Allah ang mga hindi sumasampalataya sa pagkaligaw. 75. "Ito'y sa dahilan na kayo ay nangagagalak dito sa kalupaan sa mga bagay na iba sa katotohanan (sa pamamagitan nang pagsamba sa iba sa halip na si Allah at sa paggawa ng mga katampalasanan) at kayo ay lubhang nagsisipagsaya (sa kamalian). 76. "Magsipasok kayo sa mga tarangkahan ng Impiyerno upang dito manahan; at kasamaan ang tirahan ng mga mapagpalalo!"

77. Kaya't maging matiyaga ka (O Muhammad). Tunay ngang ang pangako ni Allah ay Katotohanan; at kahit na Aking ipamalas sa iyo (sa buhay na ito) ang ilang bahagi ng Aming ipinangako sa kanila, o pahintulutan Namin na ikaw ay mamatay (sa Aming Habag), magkagayunman, sa Amin pa rin ang kanilang pagbabalik.

78. At katotohanang Kami ay nagpadala ng mga Tagapagbalita nang una pa sa iyo (O Muhammad); ang iba ay Aming inilahad sa iyo ang kanilang kasaysayan at ang iba ay hindi Namin inilahad sa iyo, at hindi (Namin) binigyan ng kapamahalaan ang sinumang Tagapagbalita na magdala siya ng Tanda maliban na pahintulutan ni Allah. Datapuwa't kung ang pag-uutos ni Allah ay naipalabas na, at ang bagay-bagay ay napagpasiyahan na sa katotohanan at katarungan, ang mga tagasunod ng kasinungalingan ay maglalaho (sa kapariwaraan).

79. Si Allah ang lumikha ng hayop (bakahan at kauri nito) para sa inyo upang kayo ay makasakay sa ilan sa kanila, at ang iba ay bilang inyong pagkain. 80. At kayo ay marami pang ibang kapakinabangan sa kanila, gayundin

sa pamamagitan nila ay inyong maaabot ang inyong naisin na nasa inyong dibdib (magdala ng mga paninda, dalahin, atbp.) at sa pamamagitan nila, at sa mga barko kayo ay dinadala (isinasakay). 81. At ipinamamalas Niya sa inyo (nang palagian) ang Kanyang mga Tanda at Katibayan (ng Kanyang Kaisahan sa lahat ng mga binanggit sa itaas); kung gayon, alin sa mga Tanda at Katibayan ni Allah ang inyong itinatatwa?

82. Hindi baga sila nagsisipaglakbay sa kalupaan at napagmamalas kung ano ang kinasapitan noong mga nangauna sa kanila? Sila ay higit na marami kaysa sa kanila at higit na malakas, at sa mga bakas (na kanilang naiwan) sa kalupaan; gayunman ang lahat ng kanilang nakamtan ay walang kapakinabangan sa kanila. 83. At kung ang kanilang mga Tagapagbalita ay dumatal sa kanila na may maliwanag na katibayan, sila ay masaya (at nagmamalaki) sa mga bagay na sila ay may kaalaman (sa makamundong bagay), at ang bagay na lagi nang tinutuya nila noon ay nakapaligid sa kanila (alalaong baga, ang kaparusahan). 84. Kaya't nang kanilang mapagmalas ang Aming kaparusahan, sila ay nagsabi: "Kami ay sumasampalataya lamang kay Allah at kami ay nagtatakwil (sa lahat) ng anupaman na aming iniaakibat sa Kanya bilang (Kanyang) katambal. 85. Datapuwa't ang pagsasabi nila ng kanilang pananampalataya (sa Islam at sa Kaisahan ni Allah) sa sandaling makita nila ang Aming kaparusahan ay hindi makakapagbigay ng kapakinabangan sa kanila. Ito, noon pa, ang paraan nang pakikitungo ni Allah sa Kanyang mga alipin. At dito ang mga hindi sumasampalataya ay lubusang napariwara (nang ang Aming kaparusahan ay lumagom sa kanila).

Mga Titik Ha at Ma

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ha, Mim (mga titik Ha, Ma).

2. Isang kapahayagan mula kay Allah, ang Pinakamapagpala, ang Pinakamaawain; 3. Isang Aklat, na ang mga talata ay ipinaliwanag nang puspusan. Isang Qur'an sa (wikang) Arabik para sa mga tao na may pang-unawa; 4. Na nagbibigay ng Magandang Balita (ng Paraiso sa mga nananalig sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at Babala (ng kaparusahan sa Apoy ng Impiyerno sa mga hindi nananalig sa Kaisahan ni Allah); datapuwa't ang karamihan sa kanila ay lumalayo, kaya't sila ay hindi nakakarinig. 5. Sila ay nagsasabi: "Ang aming puso ay natatakpan hinggil sa mga bagay na kami ay iyong inaanyayahan, at sa aming mga tainga ay kabingihan, at sa pagitan mo at namin ay may isang lambong, kaya't gawin mo (ang gusto mong gawin) para sa amin, gagawin namin (ang nais naming gawin).

6. Ipagbadya (O Muhammad): "Ako ay isa lamang tao na katulad ninyo. Ito ay ipinahayag sa akin sa inspirasyon na ang inyong Ilah (Diyos) ay Isang Ilah (Diyos, si Allah), kaya't tahakin ninyo ang Tuwid na Landas tungo sa Kanya (sa Tunay na Pananalig, sa Islam) at maging masunurin sa Kanya at humingi (kayo) ng Kanyang pagpapatawad." At kasawian sa Al-Mushrikun (mga pagano, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni

Allah, sila na nagtatambal sa pagsamba sa Kanya at nag-aakibat ng karibal sa Kanya). 7· Sila na hindi nagbabayad ng Zakah (pinadalisay na kayamanan na ukol sa katungkulang kawanggawa), at nagtatatwa sa Kabilang Buhay. 8· Katotohanan, sila na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Kanyang Tagapagbalita) at gumagawa ng katuwiran ay mayroong gantimpala na hindi magmamaliw (sa Paraiso). 9· Ipagbadya (O Muhammad): "Tunay bang hindi kayo sumasampalataya sa Kanya na lumikha ng kalupaan sa dalawang Araw? At kayo ay nagtindig ng mga katambal (sa pagsamba) sa Kanya? Siya ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang. 10· Inilagay Niya (sa kalupaan) ang mga bundok na nakatindig nang matatag sa ibabaw nito, at nagkaloob Siya ng mga biyaya sa kalupaan, at sinukat dito ang laang ikabubuhay (ng mga nananahan) sa apat na Araw (alalaong baga, ang apat na araw na ito ay magkakatulad sa haba ng panahon), para sa lahat ng nagtatanong (tungkol sa pagkalikha nito). 11· At Siya ay nag-Istawa (pumaibabaw) sa kalangitan (alapaap) [sa paraang naaangkop sa Kanyang Kamahalan] nang ito ay isa pang usok, at Siya ay nagwika rito at sa kalupaan: "Magsiparito kayo kapwa sa Akin maging sa nais ninyo o sa ayaw ninyo." Sila ay nagsabi: "Kami ay pumaparito sa aming kagustuhan". 12· At naganap Niyang malikha sila bilang pitong kalangitan (alapaap) sa dalawang Araw at itinakda Niya sa bawat kalangitan (alapaap)ang kanilang tungkulin at kautusan. At Aming pinalamutihan ang ibabang kalangitan (alapaap) ng mga ilaw (bituin) at (ginawaran) ito ng tagapagbantay (laban sa mga demonyo). Ito ang pag-uutos Niya, ang Pinakamakapangyarihan, ang Puspos ng Karunungan.

13. Datapuwa't kung sila ay magsitalikod, iyong ipagbadya (O Muhammad): "Aking binigyan kayo ng babala ng isang Sa'iqa (matinding pagkidlat) na katulad ng Sa'iqa (matinding pagkidlat, na nagwasak sa pamayanan) ni A'ad at Thamud." 14. Pagmalasin! Ang mga Tagapagbalita ay dumatal sa kanila sa kanilang harapan at sa kanilang likuran (na nangangaral): "Huwag kayong sumamba sa iba maliban pa kay Allah." Sila ay sumagot: "Kung ang aming Panginoon ay magnais, walang pagsala na Kanyang susuguin ang mga anghel. Katotohanang kami ay hindi sumasampalataya sa anumang pahayag na iyong dinala!"

15. At si A'ad ay kumilos ng may kapalaluan sa kalupaan ng walang anumang karapatan, at nagsabi: "Sino ang higit na makapangyarihan sa amin sa tibay at lakas?" Ano? Hindi baga nila napagmamalas na si Allah na Siyang lumikha sa kanila ay higit na makapangyarihan sa kapamahalaan? Datapuwa't sila ay nagpatuloy sa pagtatakwil sa Aming Ayat (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral, atbp.)! 16. Kaya't Aming ipinadala laban sa kanila ang nagngangalit na hangin sa araw ng masamang pangitain (kapinsalaan), upang Aming maibigay sa kanila na kanilang malasap ang kaparusahan at pagkaaba sa makamundong buhay na ito; datapuwa't ang Kaparusahan ng Kabilang Buhay ay higit na kaaba-aba; at sila ay hindi makakahanap ng kawaksi. 17. At kay Thamud, sila ay Aming pinakitaan, at ginawang maliwanag sa kanila ang Landas ng Katotohanan (Kaisahan ni Allah at Islam) sa pamamagitan ng Aming Tagapagbalita (alalaong baga, ipinakita sa kanila ang landas ng tagumpay), datapuwa't pinili nila ang pagiging bulag (ng kanilang puso) kaysa sa patnubay. Kaya't ang Sa'iqa (kidlat ng kaparusahan,

mapaminsalang sigaw, pinsala) ng pagkaaba ang sumakmal sa kanila dahilan sa kanilang kinita. 18· Datapuwa't Aming iniligtas ang mga sumasampalataya at nangangamba kay Allah at nagsisigawa ng kabutihan.

19· At (alalahanin) ang Araw na ang mga kaaway ni Allah ay titipunin nang sama-sama sa Apoy; sila ay magsisilakad sa hanay. 20· At hanggang kanilang sapitin (ang Apoy), ang kanilang pandinig, ang kanilang paningin, at ang kanilang balat ay magbibigay patotoo laban sa kanila sa (lahat) nilang mga ginawa. 21· Sila ay magsasabi sa kanilang balat: "Bakit kayo nagbibigay patotoo laban sa amin? Sila (ang kanilang balat) ay magsasabi: "Si Allah ay nagpapangyari sa amin na makapangusap, (Siya) na nagbigay sa lahat na makapangusap; at Siya ang lumikha sa inyo noong una at sa Kanya rin kayo magbabalik." 22· At hindi ninyo ninais na ikubli ang inyong sarili, baka ang inyong pandinig, ang inyong paningin, at ang inyong balat ay magbigay saksi laban sa inyo! Datapuwa't inyong napag-akala na si Allah ay nakakabatid lamang ng ilan sa inyong mga ginagawa! 23· Datapuwa't ang pag-aakala ninyong ito na inyong iniisip tungkol sa inyong Panginoon ay naghantong sa inyo sa pagkawasak, at ngayon (sa Araw na ito), kayo ay napabilang sa mga tandisang talunan! 24· Ngayon, kung kayo ay mayroong katiyagaan, ang Apoy ang inyong magiging Tahanan! At kung sila ay magmakaawa sa kapatawaran, ang kanilang pakiusap ay hindi pagbibigyan.

25· At Aming itinakda sa kanila na maging matalik nilang kasama (ang katulad nila) na gumawa na maging kaakit-akit sa kanila ang nasa harapan nila (kasamaan sa buhay na ito) at kung ano ang nasa likuran nila (pagtanggi sa katotohanan

ng Kabilang Buhay). At ang Salita (kaparusahan) ay naging makatarungan laban sa kanila at ito ay makatarungan din sa naunang henerasyon ng mga Jinn at tao na pumanaw na noong una. Katotohanan, silang lahat ay talunan.

26. Ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Huwag kayong makinig sa Qur'an, at kayo ay mangusap sa gitna nang (pagbasa) nito, upang kayo ay maging nakakaangat!" 27. Datapuwa't walang pagsala na Aming igagawad sa mga hindi sumasampalataya ang lasa ng matinding kaparusahan, at Aming susuklian sila sa pinakamasasama nilang gawa. 28. Ito ang kabayaran sa mga kaaway ni Allah, ang Apoy; dito ay sasakanila ang walang hanggang tahanan; isang (angkop) na kabayaran sa ginawa nilang pagtatakwil sa Aming Ayat (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral, atbp.).

29. At ang mga hindi sumasampalataya ay magsasabi: "Aming Panginoon! Ipakita Ninyo sa Amin ang mga Jinn at tao na nagligaw sa amin; aming dudurugin sila sa ilalim ng kanilang mga paa, upang sila ay maging pinakamababa sa kaabahan." 30. Katotohanan! Sila na nagsasabi: "Ang aming Panginoon ay si Allah (lamang)," at higit pa rito ay nag-Istaqamu (tumindig nang matuwid, alalaong baga, tunay na sumusunod sa Relihiyon ng Islam at naniniwala sa Kaisahan ni Allah at sumasamba lamang sa Kanya, at matimtiman sa kabutihan), ang mga anghel ay papanaog sa kanila (sa sandali nang kanilang kamatayan, na nagsasabi): "Huwag kayong mangamba, gayundin ang malumbay! Datapuwa't inyong tanggapin ang magandang balita ng Halamanan (Paraiso) na sa inyo ay ipinangako!" 31. Kami ang inyong naging tagapangalaga sa buhay sa mundong ito at (gayundin) sa Kabilang Buhay; dito ay sasainyo ang lahat ninyong naisin;

dito ay sasainyo ang lahat ninyong hihilingin! 32· "Isang mabiyayang gantimpala mula sa Nag-iisang (si Allah), ang Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain!"

33· Sino baga kaya ang higit na mabuti sa pagsasalita maliban sa kanya na nananawagan (sa mga tao) tungkol kay Allah, at gumagawa ng kabutihan at nagsasabi: "Ako ay isa sa mga Muslim (sumusuko sa Islam)." 34· Ang mabuting gawa at masamang gawa ay hindi magkatulad. Talikdan (ang masama) sa isang bagay na mabuti (alalaong baga, si Allah ay nag-utos sa mga matimtiman na sumasampalataya na maging matiisin sa panahon ng pagkagalit at pagpaumanhinan sila na nakikitungo sa kanila ng hindi mabuti), at katotohanan na siya, sa pagitan ng sinuman at kayo na mayroong pagkagalit noon, (ay mangyayari) na tila ba siya ay dati nang malapit na kaibigan. 35· Datapuwa't walang bibigyan nito (ng katangiang nabanggit sa itaas) maliban sa mga matitiyaga, at walang sinuman ang bibigyan nito maliban sa nagmamay-ari ng malaking bahagi (ng kaligayahan sa Kabilang Buhay, alalaong baga, sa Paraiso at sa buhay na ito ng isang mataas na pag-uugali). 36· At kung ang masamang bulong sa iyo ni Satanas ay magtangka na ikaw ay tumalikod (O Muhammad, [sa paggawa ng kabutihan]), kung gayon, ikaw ay humanap ng pagkalinga kay Allah. Katotohanang Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Nakakamasid.

37· At ang ilan sa Kanyang mga Tanda ay ang gabi at liwanag, ang araw at buwan. Huwag kang magpatirapa sa araw gayundin sa buwan, datapuwa't magpatirapa ka lamang kay Allah na Siyang lumikha sa kanila, kung ikaw (ay tunay) na sumasamba sa Kanya. 38· Datapuwa't kung sila

ay lubhang palalo (na isagawa ito), kung gayon, ay mayroong (mga anghel) na nasa (paligid) ng iyong Panginoon na lumuluwalhati sa Kanya sa gabi at araw, at sila kailanman ay hindi nangapapagal.

39· At ang ilan sa Kanyang mga Tanda (ay ito), na inyong napagmamasdan ang kalupaan na tuyot, datapuwa't nang magpamalisbis Kami ng tubig (ulan) sa mga ito, ito ay sumigla sa pagkabuhay at nagpatubo (sa mga halaman). Katotohanang Siya na nagbigay ng buhay, walang pagsala, (Siya) ay makakapagbigay ng buhay sa patay (sa Araw ng Pagbangon). Katotohanan! Siya ay makakagawa ng lahat ng bagay. 40· Katotohanan, sila na tumatalikod sa Aming Ayat (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral, atbp.) ay hindi nalilingid sa Amin. Siya kaya na ihahagis sa Apoy ay higit na mainam, o siya kaya na darating na napapangalagaan sa Araw ng Pagkabuhay? Gawin ninyo ang inyong nais. Katotohanan! Siya ang Ganap na Nakakamasid ng inyong ginagawa (ito ay isang matinding babala sa mga hindi sumasampalataya).

41· Katotohanan! Sila na hindi nananalig sa Paala-ala (Qur'an) nang ito ay dumatal sa kanila (ay tatanggap ng kaparusahan). At katiyakan na ito ay isang Kapuri-puri at Kagalang-galang na Aklat (sapagkat ito ay Pahayag ni Allah at Kanyang pinangalagaan ito sa anumang pagbabago at kamalian). 42· Ang kasinungalingan ay hindi sasanib dito (Qur'an), maging sa harapan o likuran nito. Ito ay ipinadala ng Isang Tigib ng Karunungan, ng Isang Karapat-dapat sa lahat ng Pagpupuri. 43· Wala nang nabanggit sa iyo (O Muhammad), maliban sa nabanggit sa mga Tagapagbalita na nauna sa iyo. Katotohanan, ang iyong Panginoon ang

Nagtataglay ng lahat ng pagpapatawad, gayundin ng Paghahawak ng kasakit-sakit na kaparusahan.

44. At kung Aming ipinadala ang Qur'an na ito sa ibang wika na iba sa Arabik, ay kanilang sasabihin: "Bakit ang kanyang mga talata ay hindi ipinaliwanag nang puspos (sa aming wika)? Ano! (Isang aklat) na hindi sa (wikang) Arabik at (ang Tagapagbalita) ay isang Arabo?" Ipagbadya: "Ito ay para sa mga sumasampalataya, isang patnubay at lunas. At sa mga hindi sumasampalataya, ay mayroong kabigatan (pagkabingi) sa kanilang mga tainga, at ito (Qur'an) ay isang pagkabulag sa kanilang (mga mata). Sila (ay wari bang) tinawag sa isang malayong lugar (kaya't sila ay hindi nakikinig o nakakaunawa)!"

45. At katiyakang ibinigay Namin kay Moises ang kasulatan noong pang una; datapuwa't ang pagtatalo ay sumibol dito. At kung hindi lamang sa Salita na ipinangusap noong una mula sa iyong Panginoon, (ang kanilang pagkakahidwa) ay malaon nang nalutas sa pagitan nila. Datapuwa't katotohanang sila ay nasa malaking alinlangan dito. 46. Sinuman ang gumawa ng kabutihan, ito ay para sa kapakinabangan ng kanyang sariling kaluluwa; sinumang gumawa ng kabuktutan, ito ay laban sa kanyang sariling kaluluwa. Ang inyong Panginoon ay hindi kailanman naging di-makatarungan (kahit na katiting) sa Kanyang mga lingkod.

47. Ipinagkakatiwala (lamang) sa Kanya (ng mga marurunong na tao) ang kaalaman sa Oras (ng Paghuhukom). Walang anumang bunga ng kahoy ang lumabas sa kanyang hibla (balot), gayundin ay walang babae ang nabuntis (sa kanyang sinapupunan), gayundin ay walang nagsilang (ng

bata) o nagsibol (ng mura, buko o bubot), na hindi batid ng Kanyang karunungan. At sa Araw na Siya ay tatawag sa kanila (na mga pagano at mapagsamba sa mga diyus-diyosan) na (nagsasabi): "Nasaan (ang sinasabi) ninyo na Aking mga katambal?" Sila ay magsasabi: "Ipinaaalam namin sa Inyo na walang sinuman sa amin ang makakapagbigay saksi (na sila ay Inyong mga katambal)!" 48. At ang (mga diyus-diyosan) na nakahiratihan nilang pinananalanginan noon ay bibigo sa kanila, at kanilang mapag-aakala na sila ay walang lugar ng kaligtasan (sa kaparusahan ni Allah).

49. Ang tao (na walang pananalig) ay hindi nahahapo sa paghingi ng mabuting bagay (mula kay Allah), datapuwa't kung ang kasawian ay dumatal sa kanya, ganap siyang nawawalan ng pag-asa at nagiging talunan sa kawalan ng pag-asa. 50. At kung ipalasap Namin sa kanya ang ilang habag mula sa Amin, pagkaraan na ang ilang kahirapan (paghihikahos o karamdaman, atbp.) ay dumatal sa kanya, katiyakan na kanyang sasabihin: "Ito ay dahilan sa aking (kagalingan); hindi ko iniisip na ang Oras (Araw ng Paghuhukom) ay mangyayari, datapuwa't kung ako man ay ibabalik sa aking Panginoon, katotohanang sasaakin ang pinakamainam (kayamanan, atbp.) sa Kanyang paningin!" Datapuwa't Aming ipamamalas sa mga hindi sumasampalataya ang katotohanan ng lahat nilang ginawa, at Aming igagawad sa kanila ang lasa ng matinding kaparusahan.

51. At kung Aming igawad ang mga pabuya sa tao, siya ay tumatalikod at lumalayo; datapuwa't kung ang kasamaan ay sumapit sa kanya, (siya ay lumalapit) sa mahabang pagdarasal! 52. Ipagbadya: "Nakikita mo ba kung ito (ang

Qur'an) ay (katiyakang) mula kay Allah, magkagayunman ay iyong itinatakwil ito? Sino pa kaya ang higit na naliligaw maliban sa kanya na nasa malayong pagtutol (sa Tuwid na Landas at pagsunod kay Allah). 53· Hindi magtatagal ay ipakikita Namin sa kanila ang Aming mga Tanda sa buong santinakpan at sa kanilang sariling kaluluwa hanggang sa ito ay maging maliwanag sa kanila na ito (Qur'an) ang katotohanan. Hindi pa ba sapat na ang inyong Panginoon ang saksi sa lahat ng bagay? 54· Katotohanan! Sila ay nag-aalinlangan tungkol sa Pakikipagtipan sa kanilang Panginoon? (alalaong baga, ang Muling Pagkabuhay pagkatapos ng kamatayan at ang kanilang pagbabalik sa kanilang Panginoon). Katotohanang Siya ang nakakasakop sa lahat ng bagay!

Surah 42 • Surat As-Shura

Ang Pagsasanggunian

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1· *Ha, Mim*. (mga titik Ha, Ma).

2· Ain, Sin, Qaf. (mga titik Ain, Sa, Q). 3· Sa ganito (Siya) ay nagpadala ng inspirasyon sa iyo (O Muhammad) na kagaya rin naman ng mga nangauna sa iyo. Si Allah ang Pinakamakapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan. 4· Sa Kanya ang pag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan; at Siya ang Kataas-taasan, Ang Sukdol sa Kadakilaan. 5· Ang mga kalangitan ay halos mabiyak sa

pagkalansag-lansag sa kanilang ibabaw (sa pamamagitan ng Kanyang Kamahalan), at ang mga anghel ay lumuluwalhati ng mga papuri ng kanilang Panginoon at nagsusumamo sa kapatawaran ng mga nasa kalupaan. Katotohanan! Siya si Allah, ang Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

6. At sa kanila na tumatangkilik ng Auliya (tagapangalaga, tagapagtaguyod, kawaksi, atbp.) ng iba pa maliban sa Kanya (alalaong baga, sila ay nananawagan sa mga diyus-diyosan bilang tagapangalaga at ito ay kanilang sinasamba), si Allah ang Hafiz (Tagapangalaga) sa kanila (nakakamasid sa kanilang ginagawa at Siyang gaganti sa kanila), at ikaw (O Muhammad) ay hindi isang Wakil (tagapamahala) ng mga pangyayari sa kanilang buhay (upang pangalagaan ang kanilang mga gawa). 7. At ikaw (O Muhammad) ay binigyan Namin ng Qur'an (sa wikang Arabik) upang iyong mapaalalahanan ang Ina ng mga Lungsod (Makkah) at ang nakapaligid dito, at upang bigyang babala (sila) ng Araw ng Paghahanay na walang alinlangan; (na kung saan) ang ibang pangkat ay tutungo sa Halamanan (Paraiso, alalaong baga, sila na sumampalataya kay Allah at sumunod sa anumang ipinahayag sa kanila ng Tagapagbalita ni Allah), at ang ibang pangkat ay (tutungo) sa Naglalagablab na Apoy (Impiyerno, alalaong baga, ang hindi sumampalataya kay Allah at sumuway sa ipinahayag ng Tagapagbalita ni Allah). 8. Kung ninais lamang ni Allah, magagawa Niya na likhain sila na iisang bansa (pamayanan); datapuwa't tinatanggap Niya ang sinumang Kanyang maibigan sa Kanyang Habag. Ang Zalimun (mga tampalasan, pagano, mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian) ay walang magiging Wali (tagapangalaga), gayundin ng kawaksi.

9. Ano! Nagturing ba sila (sa pagsamba) ng iba pang Auliya (tagapangalaga, tagapagtaguyod, kawaksi, atbp.) maliban pa sa Kanya? Datapuwa't si Allah, Siya lamang ang Wali (Tagapangalaga, atbp.). At Siya ang naggagawad ng buhay sa patay at Siya ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay. 10. At sa anumang bagay na hindi ninyo pinagkakasunduan, ang pasya rito ay na kay Allah (Siya ang Namamayaning Hukom). Siya si Allah, ang aking Panginoon; sa Kanya ako ay nagtitiwala, at sa Kanya ako bumabaling sa lahat ng mga pangyayari sa akin at sa pagtitika. 11. (Siya) ang Tagapaglikha ng kalangitan at kalupaan. Ginawa Niya para sa inyo ang katambal (kabiyak, kapareha) mula sa inyong sarili at gayundin ang katambal sa hayupan. Sa ganitong paraan ay Kanyang nilikha kayo (sa sinapupunan, alalaong baga, kayo ay pinarami Niya). Walang anupamang bagay ang makakatulad sa Kanya, at Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Nakakamasid. 12. Sa Kanya ang pag-aangkin ng mga susi ng kalangitan at kalupaan. Siya ang nagpapasagana ng ikabubuhay ng sinumang Kanyang maibigan at naghihigpit din naman (sa sinumang Kanyang naisin). Katotohanang Siya ang Lubos na Nakakaalam ng lahat ng bagay.

13. Siya (Allah) ang nagtakda sa inyo ng gayong ding Pananalig (Islam) na Kanyang itinakda (ipinag-utos) kay Noe, at gayundin ang Aming ipinahayag sa iyo (O Muhammad) at gayundin ang Aming ipinahayag kay Abraham, Moises at Hesus, na nagsasabi na kayo ay manatiling matimtiman sa Pananalig, at huwag kayong gumawa ng pagkakabaha-bahagi rito (sa Pananampalataya, alalaong baga, pagkakaroon ng iba't ibang sekta). Ang iyong

ipinangangaral (O Muhammad), ito ay hindi katanggap-tanggap sa Mushrikun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah). Si Allah ang pumipili para sa Kanyang Sarili ng sinumang Kanyang mapusuan at Siya ang namamatnubay tungo sa Kanya sa sinumang bumabaling sa Kanya sa pagsisisi at pagtalima. 14. At sila ay nagbaha-bahagi lamang nang ang kaalaman ay makarating sa kanila, sila na lumalabag sa makasariling pagsuway sa bawat isa. At kung hindi lamang sa Salita na ipinangusap sa kanila noong una mula sa iyong Panginoon sa natatakdaang panahon, ang pangyayari ay napagpasiyahan na sa pagitan nila. Datapuwa't katotohanan, ang mga ginawaran na magmana ng Aklat (Torah [mga Batas] at Ebanghelyo) pagkatapos nila (mga Hudyo at Kristiyano) ay nasa malaking alinlangan patungkol dito (alalaong baga, sa Relihiyon ni Allah, sa Islam o sa Qur'an).

15. Ngayon, sa ganitong dahilan (sa Relihiyon ng Islam at sa Qur'an), ikaw (O Muhammad) ay matimtimang manawagan sa kanila sa paraang ikaw ay pinag-utusan at huwag mong tularan ang kanilang maimbot na pagnanasa, at ikaw ay magbadya: "Ako ay nananalig sa anumang Aklat na ipinarating ni Allah (ang Qur'an na ito, at ang mga Aklat ng Torah noon pang una, at ng Ebanghelyo o ang mga Kalatas ni Abraham), at ako ay pinag-utusan na maging makatarungan sa inyo. Si Allah ang ating Panginoon at inyong Panginon. Sa amin (ang pananagutan) ng aming mga gawa at sa inyo ang inyong mga gawa. Walang pagtatalo sa pagitan natin. Si Allah ang magtitipon sa atin at sa Kanya ang ating Huling Pagbabalik. 16. At sa mga nagsisipagtalo-talo tungkol kay Allah (sa Kanyang Relihiyong Islam, sa Kanyang Kaisahan,

sa kanila ay isinugo si Propeta Muhammad), matapos na ito ay tanggapin (ng mga tao), walang saysay ang kanilang mga pagtatalo-talo sa Paningin ni Allah, at sasakanila ang Poot, at sa kanila ay sasapit ang Matinding Kaparusahan. 17. Si Allah ang nagpapanaog ng Aklat (Qur'an) sa katotohanan at ng Timbangan (upang maging makatarungan). At ano ang makakapagbigay sa inyo ng kaalaman, na marahil, ang Takdang Oras ay nalalapit na? 18. Sila na hindi nananalig dito ay naghahangad na madaliin ito, datapuwa't ang mga sumasampalataya ay nangangamba rito, at nababatid nila na ito ang sukdol na Katotohanan. Katotohanan, ang mga nagtatalo-talo tungkol sa Takdang Oras ay katiyakang nasa pagkaligaw na malayo.

19. Si Allah ang Pinakamapagbigay at Pinakamabuti sa Kanyang mga alipin; Siya ang nagtataguyod ng ikabubuhay ng sinumang Kanyang maibigan, at Siya ay Tigib ng Lakas, ang Ganap na Makapangyarihan. 20. Sinumang magnais (sa pamamagitan ng kanyang mga gawa) ng gantimpala ng Kabilang Buhay, Kami ang nagbibigay ng dagdag sa kanyang gantimpala, at sinumang magnais ng gantimpala sa mundong ito (sa pamamagitan ng kanyang mga gawa), ibibigay din Namin ito sa kanya (kung anuman ang nasusulat sa kanya), datapuwa't siya ay walang magiging bahagi sa Kabilang Buhay. 21. Ano! Sila ba ay mayroong mga katambal kay Allah (mga huwad na diyus-diyosan), na nagtindig para sa kanila ng ibang pananampalataya na hindi pinahintulutan ni Allah? At kung hindi lamang sa Pag-uutos ng Katarungan, ang pangyayari ay malaon nang napagpasiyahan sa pagitan nila. Datapuwa't katotohanan, ang Zalimun (mga tampalasan, pagano, mapagsamba sa

mga diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, mapaggawa ng kamalian, atbp.) ay may kasakit-sakit na kaparusahan. 22. Inyong mapagmamalas ang Zalimun (mga tampalasan, pagano, atbp.) sa (Araw ng Paghuhukom) na nasisindak sa pagsusulit sa kanilang kinita (pinagpaguran), at (ang bigat ng kaparusahan) ay katiyakang hahantong sa kanila. Datapuwa't ang mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at nagsisigawa ng kabutihan ay mapapasa-hardin ng mga bulaklak (Paraiso), mapapasakanila ang lahat ng kanilang hilingin sa harapan ng kanilang Panginoon. Katiyakang ito ang Sukdol na Biyaya (Paraiso, mula kay Allah). 23. Ito ang (Biyaya ng Paraiso) na ibinibigay na magandang balita ni Allah sa Kanyang mga alipin na sumasampalataya (sa Kanyang Kaisahan) at gumagawa ng kabutihan. Ipagbadya (O Muhammad): "Wala akong hinihinging pabuya sa inyo maliban sa pagmamahal (ng tulad) ng mga malalapit na kaanak (alalaong baga, hindi siya nangangailangan ng kayamanan, salapi, atbp. sa kanyang pangangaral ng Islam, datapuwa't siya ay nakikiusap sa kanila na huwag siyang saktan bilang kanilang kaisa sa pamayanan, at siya ay kanilang sundin sa kanyang ipinangangaral). At sinuman ang kumita ng anumang magandang bagay, igagawad Namin sa kanya ang dagdag na kabutihan na katumbas nito, sapagkat si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, at Laging Nagpapahalaga (sa gawa ng mga sumusunod sa Kanya). 24. Ano! Sila ba ay nagsasabi: "Siya ay kumatha lamang ng kasinungalingan laban kay Allah?" Datapuwa't kung naisin ni Allah ay magagawa Niyang takpan ang iyong puso (upang iyong makalimutan ang lahat mong nalalaman tungkol sa Qur'an). Si Allah ang pumapalis

sa kasinungalingan at nagtitindig sa Katotohanan (ng Islam) sa pamamagitan ng Kanyang Salita (Qur'an). Katotohanang ganap Niyang talastas ang (mga lihim) na nasa dibdib (ng mga tao).

25. At Siya ang tumatanggap sa pagtitika ng Kanyang mga alipin, at nagpapatawad ng mga kasalanan, at batid Niya ang inyong ginagawa.

26. At Siya ang dumirinig (sa mga panalangin) ng mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at nagsisigawa ng kabutihan; at Siya ang nagdaragdag sa kanila ng Kanyang biyaya, datapuwa't sa mga hindi sumasampalataya, sasakanila ang kasakit-sakit na kaparusahan. 27. At kung naisin ni Allah na pasaganahin ang Kanyang biyaya sa Kanyang mga alipin, katiyakang sila ay lalampas sa lahat ng hangganan ng pagsuway dito sa kalupaan; datapuwa't ipinaaabot Niya ito sa ganap na sukat sa sinumang Kanyang mapusuan. Katotohanan! Siya ang Ganap na Nakakaalam, ang Ganap na Nakamamasid (sa bagay ng kapakinabangan) ng Kanyang mga alipin. 28. (Si Allah), Siya ang nagpapamalisbis ng ulan (kahima't) ang (mga tao) ay nawalan na ng lahat ng pag-asa at nagpapamudmod ng Kanyang habag (nang malayo at malawak). At Siya ang Wali (Tagapangalaga, Tagapanustos, Tagapagtaguyod, atbp.), ang Karapat-dapat sa lahat ng mga Pagpupuri.

29. At ang ilan sa Kanyang Ayat (mga tanda, katibayan, aral, kapahayagan, atbp.) ay ang paglikha sa kalangitan at kalupaan, at ang mga nilikhang may buhay ay Kanyang ikinalat dito; at Siya ang may kapangyarihan na tipunin sila nang sama-sama (alalaong baga, ang muli silang ibangon matapos ang kanilang kamatayan sa Araw

ng Muling Pagkabuhay) kailanma't Kanyang naisin. 30. Anumang kamalasan ang sumapit sa inyo; ito ay dahilan sa anumang kinita ng inyong mga kamay, at sa maraming (kasalanan) Siya ay lubhang nagpapatawad. 31. At kayo ay hindi makakatalilis sa kalupaan (alalaong baga, sa Kanyang kaparusahan), at maliban kay Allah, kayo ay wala ng ibang Wali (tagapangalaga, tagapagtaguyod), gayundin ng kawaksi. 32. At ang ilan sa Kanyang mga Tanda ay ang mga barko, na makinis na naglalayag sa karagatan, na waring mga bundok.

33. Kung Kanyang naisin, magagawa Niyang patigilin ang hangin, sa gayon sila ay hindi makakagalaw sa kanilang likuran (na nakasayad sa dagat). Katotohanan, naririto ang mga Tanda sa sinumang matimtiman at may loob ng pasasalamat. 34. O magagawa Niyang wasakin sila (sa pagkalunod) dahilan sa (kasamaan) na kanilang kinita, datapuwa't Siya ay higit na nagpapatawad. 35. At sila (mga pagano, mapagsamba sa maraming diyus-diyosan, atbp.) na nagsisipagtalo-talo tungkol sa Aming Ayat (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral, atbp.), kanilang mapag-aalaman na walang lugar ng kaligtasan para sa kanila (sa kaparusahan ni Allah). 36. At anumang ibinigay ninyo ay isa lamang nagdaang kasiyahan sa makamundong buhay na ito, datapuwat ang (nakalaan) mula kay Allah (Paraiso) ay higit na mainam at nagtatagal sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at nagbibigay ng kanilang pagtitiwala sa kanilang Panginoon (sa lahat ng pangyayari sa kanilang buhay).

37. Sila na umiiwas sa malaking kasalanan at Al-Fawahish (mga kalaswaan at bawal na pakikipagtalik), at kung sila

ay nagagalit ay nagpapatawad; 38. At sila na dumirinig sa panawagan ng kanilang Panginoon at nagsasagawa ng palagiang pagdarasal, na nagpapalakad ng kanilang buhay-buhay at mga pangyayari sa pamamagitan ng pagsasanggunian; at gumugugol (sa kawanggawa) sa anumang ipinagkaloob Namin sa kanila;

39. At sila, na kung ang pang-aapi ay gawin sa kanila, (ay hindi naduduwag at) nagtutulungan upang ipagtanggol ang kanilang sarili. 40. Ang katumbas sa isang kasamaan ay isang kasamaan din na katulad nito, datapuwa't sinumang magpatawad at makipagkasundo, ang kanyang gantimpala ay mula kay Allah; sapagkat si Allah ay hindi nagmamahal sa Zalimun (mga tampalasan, buhong, buktot, mapang-api, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian, atbp.).

41. At katotohanan, kung sinuman ang tumulong at magtanggol ng kanyang sarili makaraang ang kabuktutan ay (ginawa) sa kanya; ito ay hindi kasalanan at walang maisusumbat laban sa kanila. 42. Ang paraan (ng panunumbat o kasalanan) ay laban lamang sa mga nang-aapi sa mga tao at tandisang nagmamalabis sa lahat ng hangganan ng pagsuway sa kalupaan, na yumuyurak sa katuwiran at katarungan; sasakanila ang kasakit-sakit na kaparusahan. 43. Datapuwa't katiyakan, kung sinuman ang magpamalas ng pagtitiyaga at magpatawad, walang pagsala na ito ang bagay na ikinalulugod ni Allah.

44. At sinumang naisin ni Allah na maligaw, walang sinumang Wali (tagapangalaga) ang sasakanya maliban sa Kanya (Allah). At inyong mapagmamalas ang Zalimun (mga tampasalan, mapaggawa ng kamalian, mapagsamba

sa mga diyus-diyosan), kung kanilang mamasdan ang kaparusahan, ay magsasabi: “Mayroon baga kayang paraan upang makabalik (sa kalupaan)?”

45. At inyong mapagmamalas sila na itatambad (sa Impiyerno), na kaaba-aba sa kawalan ng dangal, at nagsisitingin nang panakaw. At ang mga sumasampalataya ay magsasabi: “Katotohanan, ang mga talunan ay sila na nagpalungi ng kanilang sarili at kanilang pamilya sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Pagmasdan! Ang Zalimun (mga tampalasan, mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian, atbp.) ay nasa walang hanggang kaparusahan!” 46. At walang sinumang Auliya (tagapangalaga) ang makakatulong sa kanila maliban kay Allah. At sinuman na hinayaan ni Allah na maligaw, sa kanya ay walang paraan (ng pag-asa).

47. Magsipakinig kayo sa panawagan ng inyong Panginoon (alalaong baga, tanggapin ninyo ang Islam, ang Kaisahan ni Allah, O kayo na mga tao at mga Jinn) bago dumatal sa inyo ang Araw na hindi na maaantala (sa pag-uutos) ni Allah! Wala kayong pagtataguan (sa kaligtasan) sa Araw na ito at gayundin naman ay hindi ninyo maipagkakaila (ang inyong mga kasalanan na nakasulat na lahat sa Talaan ng inyong mga gawa). 48. Nguni’t kung sila ay magsitalikod (O Muhammad, sa Islam at sa Kaisahan ni Allah), ikaw ay hindi Namin isinugo upang maging Hafiz (tagapangalaga, tagapamahala at tagapagbayad ng kanilang mga gawa) sa kanila. Ang iyo lamang tungkulin ay upang iparating (ang Kapahayagan). At katotohanan, nang Aming gawaran ang tao na malasap ang Habag mula sa Amin, siya ay nagagalak dito; datapuwa’t kung ang ilang kahirapan ay sumapit sa kanila dahilan sa

masamang ginawa ng kanilang kamay, katiyakan na ang tao ay walang utang na loob ng pasasalamat!

49. Kay Allah ang pag-aangkin ng kapamahalaan ng kalangitan at kalupaan. Lumilikha Siya ng Kanyang maibigan. Siya ang nagkakaloob (ng mga anak), lalaki man o babae ayon sa Kanyang kapasiyahan, 50. O Siya ang nagkakaloob ng kapwa lalaki at babae, at hinahayaan Niyang mabaog ang sinumang Kanyang naisin; sapagkat katotohanang Siya ay Puspos ng Kaalaman at may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

51. Hindi isang katampatan sa sinumang tao na si Allah ay makipag-usap sa kanya maliban (lamang) sa pamamagitan ng inspirasyon, o sa likod ng lambong, o kung Siya ay magsusugo ng isang Tagapagbalita upang ipahayag Niya ang Kanyang layon sa Kanyang nais. Katotohanang Siya ang Kataas-taasan, ang Pinakamaalam. 52. At sa gayon ay Aming ipinadala sa iyo (O Muhammad) ang Ruhan (isang inspirasyon at Habag) mula sa Aming pag-uutos. Hindi mo nababatid kung ano ang Aklat, gayundin kung ano ang Pananampalataya? Datapuwa't ginawa Namin ito (Qur'an) bilang isang Liwanag upang Aming mapatnubayan ang sinuman sa Aming alipin na Aming mapusuan. At katotohanang ikaw (O Muhammad) ay katunayang namamatnubay (sa sangkatauhan) sa Tuwid na Landas (alalaong baga, sa Islam at sa Kaisahan ni Allah),

53. Sa Landas ni Allah, na Siyang nag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan. Katotohanan, ang lahat ng mga pangyayari ay nasa (pagpapasya) ni Allah.

Mga Palamuting Ginto

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ha, Mim (mga titik Ha, Ma).

2. Sa pamamagitan ng hayag na Aklat na nagsasaad na maging maliwanag ang lahat ng bagay (ang Qur'an). 3. Katotohanang Aming ginawa ang Qur'an sa (wikang) Arabik upang inyong maunawaan (ang kanyang kahulugan at kanyang mga paala-ala). 4. At katotohanang ito (Qur'an) ay nasa Ina ng Aklat (Al-Lauh Al-Mahfuz), sa Aming harapan, at katiyakang Mataas sa Karangalan at Tigib sa Karunungan.

5. Hindi baga Namin (kayo paaalalahanan) at Aming kukunin ang Paala-ala (Qur'an) sa inyo sapagkat kayo ay mga tao na Musrifun (mga lumampas sa lahat ng hangganan ng pagsuway bilang mga mapagsamba sa mga diyus-diyosan, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah at sa Kanyang Tagapagbalitang si Muhammad, makasalanan, atbp.)? 6. At ilan na nga ba ang propeta na Aming isinugo sa mga tao noon pang una. 7. At walang sinumang propeta ang dumatal sa kanila na hindi nila pinagtawanan at tinuya. 8. Kaya't Aming winasak ang mga tao, na higit ang lakas kaysa rito; at ito ang halimbawa ng mga pumanaw na noon pang una (bago pa sa kanila).

9. At katiyakang kung sila ay inyong tatanungin, "Sino ang lumikha ng kalangitan at kalupaan?" Tunay nga nilang sasabihin: "Ang Pinakamakapangyarihan, ang Puspos ng

Kaalaman ang lumikha sa kanila." 10. Na Siyang lumikha sa kalupaan na tila higaan (nakalatag), at gumawa sa inyo rito ng mga daan (at landas) upang kayo ay makatagpo ng patnubay (sa pagtahak). 11. Na nagpapamalisbis (sa tuwi-tuwina) ng ulan mula sa alapaap sa ganap na sukat; at Aming pinasigla sa pagkabuhay ang lupaing tigang; sa gayunding paraan, kayo ay ibabangon (mula sa mga patay), 12. At Siyang lumikha ng lahat ng bagay na may katambal (kapares), at gumawa sa inyo ng mga barko at hayupan na inyong masasakyan, 13. Upang kayo ay makaupo nang matatag at lapat sa kanilang mga likod, at kung kayo ay nakaupo na, ay inyong maaala-ala ang (magandang) biyaya ng inyong Panginoon, at magsasabi: "Luwalhatiin Siya na nagbigay sa mga ito na mapailalim sa aming kapamahalaan, para sa aming (gamit), sapagkat ito ay hindi kailanman namin makakamtan (sa aming mga gawa), 14. At katotohanang sa Aming Panginoon, katiyakang kami ay magbabalik!"

15. Datapuwa't sila ay nag-aakibat sa ilan sa Kanyang mga alipin ng katambal sa Kanya (sa pagsasabi na Siya ay may anak o mga supling at nagtuturing sa kanila bilang mga karibal sa pagsamba sa Kanya). Katotohanan, ang tao ay maliwanag na walang pasasalamat! 16. Ano! Siya ba ay kumuha ng mga anak na babae mula sa bagay na Siya sa Kanyang Sarili ang lumikha, at pumili para sa inyo ng mga anak na lalaki? 17. At kung ang isa sa kanila ay makatanggap ng balita (ng pagsilang) ng isa sa kanilang inihahalintulad sa Pinakamagbigay (Allah) {tulad ng isang batang babae}, ang kanyang mukha ay nagdidilim, nalulumbay, at siya ay napupuspos ng kapighatian! 18. (Inihahalintulad baga nila kay Allah) ang isang nilikha na pinalaki sa pagsusuot

ng mga palamuti (alalaong baga, ang mga babae), na sa isang pagtatalo ay hindi makapagbigay nang malinaw na pagsusulit sa kanyang sarili? 19. At itinuturing nila ang mga anghel, na sila sa kanilang sarili ay alipin ng Pinakamapagbigay (Allah); na mga babae. Napagmalas ba nila ang kanilang pagkalikha? Ang kanilang katibayan ay itatala, at sila ay tatanungin upang magsulit!

20. (Ah!) Sila ay nagsasabi: "Kung ito ang naging Kalooban ng Pinakamapagbigay (Allah), hindi sana natin sinamba (ang huwad na mga diyus-diyosan). Sa ganito, sila ay walang anumang kaalaman! Wala silang ginagawa kundi ang kasinungalingan! 21. Ano? Sila ba ay pinagkalooban Namin ng Aklat bago pa rito (sa Qur'an), na kanilang pinananganganan? 22. Hindi! Sila ay nagsasabi: "Natagpuan namin ang aming mga ninuno na sumusunod sa isang tanging paraan at paniniwala, at aming pinatnubayan ang aming sarili sa kanilang mga yapak." 23. At gayundin naman, Kami ay hindi nagsugo ng isang Tagapagbabala bago pa sa iyo (O Muhammad) sa anumang bayan (pamayanan), na ang mga maalwan sa lipon nila ay hindi nagsabi ng ganito: "Natagpuan namin ang aming mga ninuno na sumusunod sa isang tanging paraan ng pananalig, at walang pagsala na aming susundin ang kanilang mga yapak." 24. (Ang tagapagbabala) ay nagsabi: "Kahit na magdala ako sa inyo ng higit na mainam na patnubay kaysa sa natagpuan ninyong sinusunod ng inyong mga ninuno?" Sila ay nagsabi: "Katotohanang kami ay hindi nananalig sa mga bagay na ipinadala sa iyo." 25. Kaya't Kami ay naningil ng ganti sa kanila, ngayon, inyong pagmasdan kung ano ang

kinahinatnan ng mga nagtakwil (sa katotohanan, sa Islam at sa Kaisahan ni Allah)!

26. Pagmasdan! Nang si Abraham ay nagsabi sa kanyang ama at sa kanyang pamayanan: "Katotohanang ako ay walang kinalaman sa anumang inyong sinasamba, 27. Maliban sa Kanya (na tangi ko lamang sinasamba), na lumikha sa akin, at walang pagsala na ako ay Kanyang gagabayan." 28. At iniwan niya ang Salita (La ilaha ill Allah, Wala ng iba pang Diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah), isang Salita na mananatili sa kanyang mga lahi na susunod sa kanya (ito ay ang pananalig sa tunay na Kaisahan ni Allah), upang sila ay magsipagbalik loob (sa pagsisisi at tumanggap ng paala-ala mula kay Allah). 29. Hindi! Datapuwa't Ako (Allah) ay nagbigay ng magagandang bagay sa buhay na ito sa kanila (mga mapagsamba sa diyus-diyosan) at sa kanilang mga ninuno upang maging maligaya, hanggang sa dumatal sa kanila ang Katotohanan (Qur'an), at ng isang Tagapagbalita (Muhammad) upang magbigay paliwanag sa mga bagay-bagay. 30. At nang ang Katotohanan (Qur'an) ay dumatal sa kanila, ang (mga hindi sumasampalataya sa Qur'an) ay nagsabi: "Ito ay isang salamangka, at kami ay hindi naniniwala rito."

31. At sila ay nagsasabi: "Bakit kaya ang Qur'an na ito ay hindi ipinanaog sa ilang dakilang lalaki ng dalawang bayan (Makkah at Taif)? 32. Sila baga ang naghahati-hati sa Habag ng iyong Panginoon? Kami (Allah) ang naghahati-hati sa gitna nila ng kanilang ikabubuhay sa mundong ito, at Aming itinaas ang iba sa kanila sa hanay (katatayuan), upang ang iba ay mabigyan nila ng gawain sa kanilang hanapbuhay. Datapuwa't ang Habag

(Paraiso) ng iyong Panginoon (O Muhammad) ay higit na mainam (sa kayamanan ng mundong ito) na kanilang natipon. 33. At kung hindi lamang na ang sangkatauhan ay hahantong sa pagiging isang pamayanan (lahat ng mga hindi sumasampalataya na naghahangad sa makamundong buhay lamang), Amin sanang pagkakalooban ang mga hindi sumasampalataya sa Pinakamapagbigay (Allah) ng pilak na mga bubong para sa kanilang bahay, at (pilak) na mga hagdan upang sila ay makapanhik, 34. At ng (pilak) na mga pintuan para sa kanilang bahay, at ng mga diban at luklukan (na yari sa pilak) upang kanilang pagpahingalayan, 35. At gayundin ng mga palamuting ginto. Magkagayunman, ang lahat ng ito (alalaong baga, ang mga bubong, pinto, hagdan, luklukan, atbp.) ay walang saysay maliban sa isang pagsasaya sa pangkasalukuyang buhay sa mundong ito. Ang Kabilang Buhay sa Paningin ng inyong Panginoon ay para sa Muttaqun (mga matutuwid at matimtimang tao na nangangamba kay Allah nang labis at umiiwas sa lahat ng mga kasalanan at masasamang gawa at nagmamahal kay Allah nang higit at nagsasagawa ng lahat ng uri ng kabutihan na Kanyang ipinag-utos).

36. At kung sinuman ang tumalikod sa pag-aala-ala sa Pinakamapagbigay (Allah), Kami ay nagtalaga sa kanya ng demonyo (Satanas) upang kanyang maging Qarin (matalik na kasama). 37. At katotohanan, sila (na mga demonyo) ang humahadlang sa kanila sa Landas (ni Allah), datapuwa't napag-aakala nila na sila ay tunay na napapatnubayan! 38. At sa kalaunan, kung (siya na ganoon) ay lumapit sa Amin, siya ay nagsasabi (sa kanyang Qarin o masamang kasama): "Sana ang naging pagitan nating dalawa ay katulad

ng pagkakalayo ng Silangan at Kanluran." (Sa sandali nang pakikipagharap kay Allah o sa Oras ng Paghuhukom, ang nalinlang na kaluluwa ay makakakita sa katotohanan at maghahangad na sana ay malayo siya kay Satanas). Ah! (Tunay) ngang masamang (uri) ng kasama! 39. Walang magiging kapakinabangan sa iyo sa Araw na ito (O ikaw na tumalikod sa pag-aala-ala kay Allah at sa pagsamba sa Kanya, atbp.), sapagkat ikaw ay nakagawa ng kabuktutan, at sa Araw na ito, ikaw (at ang iyong mga Qarin, masamang mga kasama) ay magiging kabahagi sa kaparusahan!

40. Ikaw ba (O Muhammad) ay makakagawa na makarinig ang bingi, o iyong mabigyan ng patnubay ang bulag o siya kaya na namamayagpag sa malaking kamalian? 41. At kahit na ikaw (O Muhammad) ay Aming kunin, katotohanang Kami ay maghihiganti laban sa kanila. 42. O (kung) Aming ipamamalas sa iyo kung ano ang Aming banta (ipinangako) sa kanila, kung gayon, katotohanang Kami ang may ganap na pag-uutos (kapangyarihan) laban sa kanila. 43. Kaya't ikaw ay manangan (O Muhammad) nang taimtim sa kapahayagan na Aming ipinadala sa iyo. Katotohanang ikaw ay nasa isang Tuwid na Landas. 44. At katotohanan, (ang Qur'an) ay katiyakang Paala-ala sa iyo (O Muhammad) at sa iyong pamayanan (mga Quraish at iyong mga tagasunod); at hindi magtatagal, kayong lahat ay itatambad upang magsulit. 45. At iyong tanungin (O Muhammad) ang Aming mga Tagapagbalita na Aming isinugo nang una pa sa iyo: "Kami (Allah) baga ay nagtalaga ng anumang mga diyos tangi pa sa Pinakamapagbigay (Allah) upang sambahin?"

46. At katotohanang isinugo Namin si Moises na taglay ang Aming Ayat (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral,

atbp.) kay Paraon at sa kanyang mga pinuno (na nag-aanyaya sa Islam, ang Relihiyon ni Allah). Siya (Moises) ay nagsabi: "Katotohanang ako ay Tagapagbalita ng Panginoon ng lahat ng mga nilalang." 47. Datapuwa't nang sila (Moises at Aaron) ay pumaroon sa kanila na taglay ang Aming Ayat (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral, atbp.), pagmalasin, sila ay nagtawa sa kanila. 48. Kami (Allah) ay nagpamalas sa kanila ng Ayat (mga tanda, atbp.) sa tuwi-tuwina, na higit na dakila kaysa sa kanilang kasama; at Aming sinakmal sila ng kaparusahan upang sila ay tumalikod (sa pagsamba sa mga diyus-diyosan) at magbalik loob (sa Amin). 49. At sila ay nagsabi (kay Moises): "O ikaw na manggagaway! Tawagan mo ang iyong Panginoon para sa amin ng ayon sa Kanyang kasunduan sa iyo; katotohanang kami ay tatanggap ng patnubay." 50. Datapuwa't nang Aming palisin ang kaparusahan sa kanila, pagmasdan, sila ay sumira sa kanilang salita (na sila ay mananampalataya kung Aming ibsan ang kaparusahan sa kanila).

51. At si Paraon ay nagpahayag sa kanyang pamayanan, na nagsasabi: "O aking pamayanan! Hindi baga ang pamamahala sa Ehipto ay tangi lamang sa akin, at sa mga ilog na nagsisidaloy sa ilalim (ng aking kinatatayuan). Hindi baga ninyo napagmamalas? 52. Hindi baga ako ay higit na mainam sa kanya (Moises), siya na Mahin (walang dangal at hindi iginagalang, mahina at kasuklam-suklam), at halos hindi makapangusap sa kanyang sarili nang maliwanag?" 53. " Bakit kaya hindi siya ginawaran ng mga gintong pulseras o di kaya ang mga anghel ay pinasama sa kanya?" 54. Sa ganito nilinlang at iniligaw (ni Paraon) ang kanyang pamayanan, at sila ay sumunod sa kanya. Katotohanang

sila ay Fasiqun (mga tao na palasuway at mapaghimagsik kay Allah). 55· Kaya't nang kanilang pinagalit Kami, Aming pinarusahan sila at nilunod silang lahat. 56· At Aming ginawa silang halintulad (bilang aral sa mga susunod na henerasyon pagkatapos nila) at bilang halimbawa sa mga darating na henerasyon.

57· At nang ang anak ni Maria ay hinirang na isang halimbawa (alalaong baga, si Hesus ay sinasamba na tulad ng kanilang mga diyus-diyosan), pagmasdan!, ang iyong mga tao ay nagkakamayaw (sa pagtatawa). 58· At nagsasabi: "Ang aming mga diyos baga ay higit na mainam o siya kaya (Hesus)? Inihahalintulad lamang nila ito hindi sa anupaman liban sa pagtatalo-talo. Hindi! Sila ay mga palaaway na tao. 59· Siya (Hesus) ay hindi hihigit pa sa isang alipin. Aming iginawad ang Aming paglingap sa kanya at Aming ginawa siyang halimbawa sa Angkan ng Israel (alalaong baga, siya ay nilikha na walang ama). 60· At kung ito lamang ay Aming Kalooban, magagawa Namin (na wasakin kayong lahat na mga tao) at ipalit sa inyo ang mga anghel dito sa kalupaan. 61· At siya (Hesus, na anak ni Maria) ay magiging isang Tanda (sa pagdating) ng Oras (Araw ng Muling Pagkabuhay; [na si Hesus ay mananaog sa lupa bago dumatal ito]), kaya't huwag kayong mag-alinlangan (sa Oras), datapuwa't Ako ay inyong sundin; ito ang Tuwid na Landas (tungo kay Allah at sa Paraiso). 62· Huwag ninyong hayaan si Satanas na humadlang sa inyo (sa Tamang Pananalig). Katotohanang siya sa inyo ay isang lantad na kaaway.

63· Nang si Hesus ay dumatal na may Maliwanag na mga Katibayan (mula sa Amin), siya ay nagsabi: "Ako ay dumatal sa inyo na may Hikmah (karunungan ng isang

propeta), upang aking gawing maliwanag sa inyo ang ilan (sa mga bagay-bagay) na inyong pinagtatalunan; kaya't inyong pangambahan si Allah at ako ay inyong sundin." 64. "Katotohanang si Allah, Siya ang aking Panginoon at inyong Panginoon; kaya't tanging Siya ang inyong sambahin; ito (lamang) ang Matuwid na Landas." 65. Datapuwa't ang mga sekta sa pagitan nila ay nabulid sa hindi pagkakasundo-sundo; kaya't kasawian sa mga gumagawa ng kamalian (sa pamamagitan ng pagtuturing ng mga bagay kay Hesus na walang katotohanan) mula sa kaparusahan ng kahindik-hindik na Araw (ang Araw ng Muling Pagkabuhay)!

66. Sila baga'y nagsisipaghintay lamang sa Oras, na ito ay dumatal sa kanila nang kaginsa-ginsa, habang ito ay hindi nila napag-aakala? 67. Ang mga magkakaibigan sa Araw na ito ay magiging magkaaway, ang bawa't isa sa kanila; maliban sa Muttaqun (mga matutuwid at matimtimang tao na nangangamba kay Allah at umiiwas sa lahat ng mga masasamang gawa at kasalanan at gumagawa ng kabutihan na ipinag-utos ni Allah). 68. (At dito ay ipagsusulit): "O Aking mga lingkod (tagapagsamba)! Sa Araw na ito ay walang pangangamba sa inyo, gayundin kayo ay hindi mamimighati, 69. (Kayo) na mga nagsisampalataya sa Aming Ayat (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral, atbp.) at mga Muslim (buong ganap na nagsitalima sa kapasyahan at Kaisahan ni Allah at sa Islam). 70. Magsipasok kayo sa Halamanan (Paraiso), kayo at ang inyong mga asawa, sa kaligayahan. 71. Sa buong paligid nila ay idudulot ang mga kubyertos at kopita na gawa sa ginto; (naroroong) lahat ang anumang bawat naisin ng kanilang kaluluwa, ang lahat ng bagay na magbibigay ligaya sa kanilang paningin; at kayo ay

magsisipanahan dito magpakailanman. 72. Ito ang Paraiso na itinakda sa inyo na inyong manahin dahilan sa inyong (mabubuting) gawa na ginawa ninyo (sa buhay sa mundong ito). 73. Naririto sa inyo ang masaganang bungangkahoy na inyong kakainin (sa inyong maibigan).

74. Katotohanan, ang Mujrimun (mga tampalasan, kriminal, makasalanan, walang pananalig kay Allah, sa Kanyang Kaisahan at sa Kanyang Propetang si Muhammad, buktot, mapagsamba sa diyus-diyosan, atbp.) ay nasa Kaparusahan ng Impiyerno upang manahan dito magpakailanman. 75. (Ang Kaparusahan) ay hindi magbabawa sa kanila, at sila ay ihuhulog sa pagkawasak na may matinding pagsisisi, kapighatian at kasawian at kawalang pag-asa. 76. Kailanman ay hindi Kami nagbigay nang kamalian o naging di makatarungan sa kanila, datapuwa't sila ay Zalimun (mga tampalasan, mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian, atbp.). 77. Sila ay magsisitaghoy: "O Malik (ang Tagapagbantay ng Impiyerno)! Hayaan ang iyong Panginoon ay magbigay wakas sa amin!" Siya ay magsasabi: "Hindi, katotohanang kayo ay mananatili rito magpakailanman!" 78. Tunay ngang inihayag Namin sa inyo ang Katotohanan (sa pagsusugo kay Muhammad na may taglay na Qur'an), datapuwa't ang karamihan sa inyo ay nasusuklam sa Katotohanan. 79. Ano! Sila ba ay nagsigawa ng ilang balakin (sa kanilang mga sarili)? Datapuwa't Kami rin ay may balak. 80. O napag-aakala baga nila na hindi Namin naririnig ang kanilang mga lihim at kanilang mga lingid na usapan at pagsasanggunian? Tunay nga (na Kami ay makakagawa), at ang Aming mga

Tagapagbalita (mga itinakdang anghel sa sangkatauhan) ay nasa lipon nila upang magtala.

81. Ipagbadya (O Muhammad): "Kung ang Pinakamapagpala (Allah) ay may anak na lalaki, (o mga supling na inyong iniaakibat sa Kanya), kung gayon, ako ang magiging una sa mga sasamba sa Kanya (datapuwa't Siya, si Allah ay walang anak na lalaki o mga supling, kaya't ako ang unang nagtatatwa at sumasalansang ng inyong paniniwala at una sa mga sasampalataya sa Kanya lamang at magpapatotoo na Siya ay walang mga anak)." 82. Kaluwalhatian sa Panginoon ng kalangitan at kalupaan, at sa Panginoon ng Luklukan! Higit Siyang mataas sa lahat ng mga inihahalintulad (sa Kanya)! 83. Kaya't hayaan sila na mangusap ng walang katuturan at magsipaglaro hanggang sa kanilang sapitin ang kanilang Araw na sa kanila ay ipinangako.

84. Siya (lamang, si Allah) ang tanging Ilah (Diyos na dapat sambahin) sa kalangitan at Ilah (Diyos na dapat sambahin) sa kalupaan; at Siya ay Tigib ng Karunungan at Puspos ng Kaalaman. 85. At kapuri-puri Siya na nag-aangkin ng lahat ng Kaharian sa kalangitan at kalupaan, at lahat ng nasa pagitan nito, at nasa Kanya lamang ang kaalaman sa Oras, at sa Kanya kayong (lahat) ay magbabalik. 86. At yaong mga sinasamba nila maliban sa Kanya ay walang anumang kapangyarihan upang makapamagitan; maliban sa kanila na nagbibigay saksi sa Katotohanan (alalaong baga, sumampalataya sa Kaisahan ni Allah, at sumunod sa Kanyang mga pag-uutos), at may ganap na kaalaman (tungkol sa katotohanan ng Kaisahan ni Allah). 87. At kung sila ay iyong tatanungin kung sino ang lumikha sa kanila, walang pagsala na kanilang

sasabihin: "Si Allah." Paano sila kung gayon naligaw (sa katotohanan at sa pagsamba kay Allah na Siyang lumikha sa kanila)? 88. (Si Allah ay may Kaalaman) sa panambitan (ni Propeta Muhammad) na nagsasabi: "O aking Panginoon, katotohanang sila ang mga tao na walang pananalig!" 89. Kaya't tumalikod ka (O Muhammad) sa kanila, at ikaw ay magsabi: "Salam (Kapayapaan)!" Subalit (hindi magtatagal) ay kanilang mapag-aalaman! [Ang pag-uutos sa Talatang ito ay pinawalang saysay sa pamamagitan ng mga pahayag ng mga Talata ng pakikipaglaban laban sa kanila, talatang 9:5 ng Qur'an).

Surah 44 • Ad-Dukhan

Ang Usok

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ha, Mim (mga titik Ha, Ma).

2. Sa pamamagitan ng lantad na Aklat (ang Qur'an), na nagbibigay kaliwanagan sa mga bagay, 3. Ipinanaog Namin ito (ang Qur'an) sa pinagpalang Gabi (alalaong baga, ang Gabi ng Qadr, [sa buwan ng Ramadhan, ang pangsiyam na buwan ng kalendaryong Islamiko]). Katotohanang Kami ay lagi nang nagbababala (sa sangkatauhan, na ang Aming Kaparusahan ay sasapit sa kanila na hindi nananalig sa Aming Kaisahan at pagiging Panginoon at sa Kaisahan ng Pagsamba sa Amin). 4. Dito (sa natatanging Gabi) ay itinakda ang lahat ng mga (pag-uutos) sa mga pangyayari (alalaong

baga, lahat ng mga bagay tungkol sa kamatayan, pagsilang, ikabubuhay, kapinsalaan, atbp. [sa susunod] na buong taon ayon sa itinalaga ni Allah). 5· "Amran" (alalaong baga, ang pag-uutos sa Qur'an o ang Katakdaan ng bawat bagay) sa pamamagitan ng Aming pag-uutos. Katotohanang Kami ay lagi nang nagsusugo (ng mga Tagapagbalita). 6· (Bilang) Habag mula sa inyong Panginoon. Katotohanan! Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Nakakaalam. 7· Ang Panginoon ng kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito, kung kayo (lamang) ay may tiyak na pananalig. 8· La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya). Siya ang naggagawad ng buhay at gayundin ng kamatayan, ang inyong Panginoon (na nagkakandili sa inyo), at ang Panginoon ng nauna ninyong mga lahi (ninuno). 9· Hindi! Sila ay naglalaro sa pag-aalinlangan. 10· Kung gayon, kayo ay maghintay sa Araw na ang alapaap ay maglalabas ng usok na (inyong) mamamasdan. 11· Na lalambong sa mga tao. Ito ay isang Kasakit-sakit na Kaparusahan. 12· (At sila ay magsasabi): "O aming Panginoon! Pawiin Ninyo sa amin ang Kaparusahang ito, katiyakang kami ay tunay na sasampalataya!" 13· Paano silang magkakaroon ng paala-ala (sa sandaling ang Kaparusahan ay sumapit sa kanila), gayong ang isang Tagapagpaala-ala ay dumatal na sa kanila na nagpapaliwanag sa mga bagay nang malinaw. 14· Datapuwa't sila ay tumalikod sa kanya (Muhammad) at nagsabi: "Isang tinuruan lamang (ng ibang tao), isang tao na may sira ang pag-iisip!" 15· Katotohanang pansamantala Naming papawiin ang Kaparusahan sa ngayon. Katotohanang kayo ay magbabalik loob! 16· Sa Araw na kayo ay Aming susukulin

ng matinding Sakmal. Katotohanang Aming igagawad ang kabayaran!

17. At katotohanang Aming sinubukan nang una pa sa kanila ang mga tao ni Paraon nang dumatal sa kanila ang isang matimtimang Tagapagbalita (Moises). 18. Na nagsasabi: "Ibalik mo sa akin ang mga tagapaglingkod ni Allah (alalaong baga, ang Angkan ng Israel). Katotohanang ako sa inyo ay isang Tagapagbalita na karapat-dapat sa lahat (ng inyong) pagtitiwala, 19. At huwag kayong maging mapagmalaki (sa inyong sarili) ng laban kay Allah. Katotohanang ako ay dumatal sa inyo na may maliwanag na kapamahalaan, 20. At tunay ngang ako ay lumuluhog ng kaligtasan mula sa aking Panginoon at inyong Panginoon, baka ako ay inyong batuhin (o saktan o tawagin akong isang manggagaway), 21. Datapuwa't kung ako ay hindi ninyo paniwalaan, kung gayon, magsilayo kayo sa akin at ako ay iwan ninyong mag-isa."

22. (Nguni't sila ay palalo), kaya't siya (Moises) ay humibik sa kanyang Panginoon (na nagsasabi): "Katotohanang sila ang mga tao na Mujrimun (mga tampalasan, walang pananalig, makasalanan, kriminal, atbp.)." 23. (Si Allah ay nagwika): "At sa gabi, humayo ka na kasama ang Aking mga lingkod, katotohanang kayo ay tutugisin." 24. At iwan ninyo ang dagat na parang tudling (na tahimik at nahahati), sapagkat sila ay lipon (na nakatakdang) malunod. 25. Gaano karaming halamanan at mga batis ang maiiwan (ng mga tao ni Paraon)? 26. At mga bukirin ng mais at mabubuting lugar, 27. At mga kaaliwan ng buhay na labis nilang kinatutuwaan! 28. Kaya't ito nga (ang kanilang naging hantungan)! At ginawa Namin ang mga tao (Angkan ng Israel) na siyang

magmana (ng kaharian ng Ehipto). 29· At ang kalangitan at kalupaan ay hindi lumuha sa kanila, gayundin naman sila ay hindi binigyan ng palugit.

30· At katotohanang iniligtas Namin ang Angkan ng Israel sa Kaaba-abang Kaparusahan, 31· Mula kay Paraon, katotohanang siya ay mapagpalalo at kabilang sa Musrifun (mga tampalasan, sila na lumalagpas sa hangganan ng paggugol at sa iba pang bagay at gumagawa ng malalaking kasalanan). 32· At Aming pinili ang Angkan ng Israel nang higit sa lahat ng mga nilalalang (sa panahon ni Moises) ng may Kaalaman, 33· At iginawad sa kanila ang mga Tanda na naroroon ang maliliwanag na pagsubok.

34· Katotohanan, ang mga taong ito (Quraish) ay nagsasabi: 35· "Wala ng iba pa maliban sa aming unang kamatayan, at kami ay hindi na muling ibabangon. 36· Kaya't ibangon mong muli ang aming mga ninuno kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan!" 37· Sila ba ay higit na mainam o ang mga tao ng "Tubba" at sila na nauna sa kanila? Sila ay Aming winasak sapagkat katotohanang sila ay Mujrimun (mga walang pananalig, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, makasalanan, kriminal, atbp.).

38· At hindi Namin nilikha ang kalangitan at ang kalupaan, at lahat ng nasa pagitan nito bilang isang laro lamang, 39· Hindi Namin nilikha sila maliban na may katotohanan (alalaong baga, upang suriin at subukan ang mga masunurin at palasuway at upang gantimpalaan ang palasunod at parusahan ang palasuway), datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi nakakaalam. 40· Katotohanan, ang Araw ng Paghuhukom (kung si Allah ay hahatol na sa pagitan ng mga nilalang) ay siyang sandali na itinalaga sa kanilang lahat,

41. Sa Araw kung ang mawlan (isang malapit na kamag-anak) ay hindi makakaasa ng tulong sa mawlan (isang malapit na kamag-anak), at walang tulong ang kanilang matatanggap, 42. Maliban sa kanya na gawaran ng Habag ni Allah. Katotohanang Siya ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakamaawain.

43. Katotohanan, ang puno ng Zaqqum, 44. Ang siyang magiging pagkain ng mga Makasalanan, 45. Na tulad ng kumukulong langis, ito ay kukulo sa mga tiyan, 46. Na katulad ng pagkulo nang nakakabanling tubig. 47. (At dito ay ipagbabadya): "Sakmalin siya at kaladkarin siya sa gitna ng Naglalagablab na Apoy, 48. Kaya't ibuhos sa kanyang ulo ang Kaparusahan ng Kumukulong Tubig, 49. Lasapin mo (ito)! Katotohanang ikaw (ay nagkukunwari) na makapangyarihan, ang mapagbigay! 50. Katotohanang ito ang iyong pinag-aalinlanganan noon!"

51. Katotohanan, ang Muttaqun (mga matimtiman at matuwid na tao na nangangamba kay Allah ng labis at umiiwas sa lahat ng mga kasalanan at masasamang gawa na Kanyang ipinagbawal at nagmamahal kay Allah ng higit at nagsasagawa ng lahat ng uri ng mabubuting gawa na Kanyang ipinag-utos), ay mapapasalugar ng Kapanatagan (Paraiso). 52. Sa gitna ng Halamanan at mga Batis; 53. Na nadaramtan ng madulas na sutla at (gayundin) ng makapal na sutla, na nakaharap sa isa't isa, 54. (Kaya't ito ang mangyayari), at sila ay Aming ipapangasawa sa Houris (lubhang maputing mga babae na nilikha ni Allah ngunit hindi mula sa supling ni Adan, na may tampok na itim ng mata at puti ng mata). 55. Sila ay tatawag dito sa lahat ng uri ng bungangkahoy sa kapayapaan at kapanatagan;

56. Sila ay hindi kailanman makakalasap ng kamatayan dito maliban sa unang kamatayan (sa buhay sa mundong ito), at Kanyang ililigtas sila sa Kaparusahan ng Naglalagablab na Apoy, 57. Bilang isang Biyaya mula sa iyong Panginoon! Ito ang sukdol na tagumpay!

58. Katiyakang Aming ginawa ito (ang Qur'an) na magaan sa iyong dila upang sila ay makaala-ala. 59. Kung gayon, maghintay ka (O Muhammad); katotohanang sila (rin) ay naghihintay.

Surah 45 • Al-Jathiya

Ang Pagluhod

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ha Mim (mga titik Ha, Ma).

2. Ang Kapahayagan ng Aklat (ang Qur'an) ay mula kay Allah, ang Mataas sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan. 3. Katotohanang sa kalangitan at kalupaan, naririto ang mga Tanda sa mga sumasampalataya. 4. At sa pagkakalikha sa inyong sarili, at sa anumang Kanyang ikinalat (sa kalupaan) na gumagalaw (may buhay) na mga nilalang. Ito ay mga Tanda para sa mga tao na may matibay at tiyak na pananalig. 5. At sa pagpapalitan ng araw at gabi, at katotohanang si Allah ang nagpamalisbis ng panustos (na ulan) na (Kanyang) ipinanaog mula sa alapaap at nagbigay buhay sa tigang na lupa, at sa pagbabago ng direksyon ng ihip ng hangin (alalaong baga, kung minsan ay patungo

sa silangan o hilaga, at kung minsan ay patungo sa timog o kanluran, at kung minsan ay nagdadala ng masayang balita ng ulan at kung minsan ay nagdadala ng kaparusahan [bagyo]), ito ay mga Tanda para sa mga tao na may kaalaman at pang-unawa. 6. Ito ang Ayat (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral, atbp.) ni Allah, na Aming ipinahayag sa iyo (O Muhammad) ng may katotohanan, kaya't sa alin (at ano) pa kayang pahayag na iba pa kay Allah at sa Kanyang Ayat (mga katibayan, aral, kapahayagan, tanda, atbp.), sila ay maniniwala?

7. Kasawian sa bawat makasalanan na mapagkunwari! 8. Na nakakarinig sa mga Talata ni Allah na ipinahayag sa kanya. Datapuwa't siya ay matigas at mapagmataas na wari bang wala siyang naririnig. Kung gayon, ipagbadya sa kanya ang kasakit-sakit na parusa. 9. At kung siya ay makaalam ng ilan sa Aming mga Talata (ang Qur'an), tinatanggap niya ito ng may panunuya. Sa ganitong (mga tao) ay may naghihintay na kaaba-abang Parusa. 10. Sa harapan nila ay mayroong Impiyerno, at walang kapakinabangan sa kanila ang anumang kanilang pinagpaguran (kinita) gayundin (ay walang kapakinabangan sa kanila) ang mga tinangkilik nila na Auliya (mga tagapangalaga, kawaksi, tagapagtanggol, atbp.) maliban kay Allah. At sasakanila ang nag-uumapaw na Parusa. 11. Ito (ang Qur'an) ang tunay na Patnubay. At sa mga nagtatakwil sa Ayat (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral, atbp.) ng kanilang Panginoon, sasakanila ang isang kasakit-sakit na Parusa na kasuklam-suklam.

12. Si Allah ang naggawad na ang karagatan ay mapasailalim sa inyo (mahawakan sa pag-uutos), upang ang mga barko ay lumayag dito sa pamamagitan ng Kanyang Kautusan upang

kayo ay magsihanap ng Kanyang mga Biyaya, at kayo ay magkaroon ng damdamin ng pasasalamat, 13. At ipinailalim Niya sa inyo (sa Kanyang kapahintulutan) ang lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan; ang lahat ng mga ito ay bilang kaloob at kabaitan mula sa Kanya. Pagmasdan! Katotohanang naririto ang mga Tanda sa mga tao na nagmumuni-muni.

14. Ipagbadya mo (O Muhammad) sa mga sumasampalataya, na patawarin (nila) ang mga (gumagawa ng kasahulan sa kanila) at hindi umaasa sa Araw ni Allah (alalaong baga, ang Kanyang Kabayaran). Nasa sa Kanya ang kabayaran (para sa mabuti o masama) ng mga tao, ng ayon sa kanilang pinagsumikapan.[Ang kautusan sa Talatang ito ay pinawalang saysay ng Talata ng Jihad (Banal na Pakikipaglaban) laban sa mga mapagsamba sa diyus-diyosan, Qur'an 9:36]. 15. Kung sinuman ang gumawa ng matuwid na gawa, ito ay para sa kanyang sariling kapakanan; at kung sinuman ang gumawa ng masama, ito ay gawa na laban sa kanyang (sariling) kaluluwa. Sa huli, kayo ay muling magbabalik sa inyong Panginoon.

16. At katotohanang (noon pang una) ay Aming ipinagkaloob sa Angkan ng Israel ang Kasulatan, ang pang-unawa sa Kasulatan at sa kanyang mga Batas (kapangyarihan sa Pag-uutos), at ang Pagka-propeta. Iginawad Namin sa kanila ang kanilang ikabubuhay, ang mga bagay na mainam at dalisay, at Aming ginawaran sila ng higit na biyaya sa lahat ng mga nilalang (sa kanilang panahon). 17. At sila ay biniyayaan Namin ng Maliwanag na mga Katibayan sa kapakanan (ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan nang pagpapahayag sa kanila ng Torah, mga Batas).

Pagkaraan lamang nang ang karunungan ay maipagkaloob sa kanila, sila ay nabulid sa pagkakawatak-watak ng dahil sa hayagang inggit sa kanilang mga sarili. Katotohanan, ang iyong Panginoon ang huhusga sa kanila sa Araw ng Paghuhukom, sa mga bagay na hindi nila pinagkakasunduan. 18. At inilagay ka Namin (O Muhammad) sa tamang landas ng Pananampalataya (katulad ng Aming ipinag-utos sa Aming mga Tagapagbalita na una sa iyo tungkol sa Kaisahan ni Allah at sa mga legal na batas ng Islam). Kaya't sundin mo ang Landas (Kaisahan ni Allah at Islam), at huwag kang sumunod sa pagnanais ng mga walang kaalaman. 19. Katotohanang sila ay walang silbi sa iyo sa paningin ni Allah. Katotohanan, ang Zalimun (mga mapaggawa ng kasamaan, mapagsamba sa diyus-diyosan, buktot, atbp.) ay mga Auliya (tagapangalaga, tagapagtanggol, kawaksi, atbp.), at magkakabuklod sa isa't isa. Datapuwa't si Allah ang Wali (Tagapangalaga, Tagapagtanggol, atbp.) ng Mutaqqun (mga matutuwid at matimtimang tao na labis na nangangamba kay Allah at umiiwas sa lahat ng mga kasalanan at masasamang gawa at nagmamahal kay Allah ng higit at nagsasagawa ng mga mabubuting gawa na ipinag-utos ni Allah). 20 Ito (ang Qur'an) ay maliwanag na pananaw at katibayan sa sangkatauhan, at isang Patnubay at Habag sa mga tao na may matatag na Pananalig.

21. Ano! Sila baga na nagsisigawa ng mga kasamaan ay nag-aakala na sila ay itituring Namin na katulad ng mga nananampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at nagsisigawa ng kabutihan na maging magkatulad ang kanilang pangkasalukuyang buhay at pagkatapos ng kamatayan? Tunay na kasamaan ang kahatulan na kanilang

ginawa. 22. At nilikha ni Allah ang kalangitan at kalupaan ng may kapakinabangan, upang ang bawat kaluluwa ay makatagpo ng kabayaran sa kanyang kinita. At walang sinuman sa kanila ang hahatulan ng walang katuwiran.

23. Napagmamasdan mo ba siya na nagtuturing sa kanyang pagnanasa (walang kapararakang hangarin) bilang kanyang diyos? Si Allah na nakakatalos sa kanya ay hinayaan siya na naliligaw. At sinarhan Niya ang kanyang pandinig at kanyang puso (sa pang-unawa) at humadlang sa kanyang paningin. Sino kaya baga ang makakapamatnubay sa kanya (pagkaraang alisin ni Allah ang Kanyang patnubay)? Hindi ba kayo magsisitanggap ng paala-ala?

24. At sila ay nagsasabi: "Mayroon pa ba kayang ibang buhay maliban sa aming buhay sa mundong ito? Kami ay mamamatay at kami ay nabubuhay at tanging Dahr (Panahon) lamang ang makakasira sa amin." Datapuwa't ang tungkol dito (Kabilang Buhay), sila ay walang kaalaman, bagkus, sila ay naghahaka-haka lamang. 25. At kung ang Aming maliliwanag na mga Talata ay ipinapahayag sa kanila, ang kanilang panambitan ay walang iba kundi ito: "Ibalik mong muli ang aming mga (patay) na ninuno (sa pagkabuhay), kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan!" 26. Ipagbadya (sa kanila): "Si Allah ang naggawad sa inyo ng buhay, at Siya rin ang magkakaloob sa inyo ng kamatayan. Siya rin ang magtitipon sa inyo sa Araw ng Paghuhukom (Araw ng Muling Pagkabuhay) na walang alinlangan. Datapuwa't ang karamihan ng mga tao ay hindi nakakaalam.

27. Kay Allah lamang ang pag-aangkin ng Kapamahalaan (Kaharian) ng kalangitan at kalupaan. At sa Araw na ang Oras (ng Paghuhukom) ay ititindig, sa Araw na ito, ang

mga tagasunod ng kabulaaan (sinungaling, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig, atbp.) ay paglalahuan (ng lahat-lahat). 28. At inyong mapagmamalas na ang bawat bansa (pamayanan) ay mangangayupapa sa kanyang mga tuhod (na nakaluhod), ang bawat bansa ay tatawagin sa kanyang Talaan (ng mga gawa). "Sa Araw na ito, kayo ay babayaran sa lahat ng inyong mga ginawa." 29 "Naririto, ang Aming Talaan ay magpapahayag sa inyo ng may katotohanan, sapagkat katotohanang hindi Kami nakaligta na ilagay sa Talaan (ang Aming mga anghel ay nagtatala ng inyong mga gawa) ang lahat-lahat ng inyong mga ginawa."

30. At sa mga nagsisampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at nagsigawa ng kabutihan, sila ay tatanggapin ng kanilang Panginoon sa Kanyang Habag. Ito ang Pinakamataas na Tagumpay. 31. Datapuwa't sa mga nagsipagtakwil kay Allah, (sa kanila ay ipahahayag): "Hindi baga ang Aming mga Talata ay ipinahayag sa inyo? Datapuwa't kayo ay mapagmataas, at kayo ay mga tao na naging Mujrimun (mga nalulong sa kasalanan, walang pananalig, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, makasalanan, kriminal, atbp.)." 32 At nang ito ay ipahayag: "Katiyakan! Ang pangako ni Allah ay ang katotohanan at ang sandali nang pagdatal ng Oras ay walang pasubali." Kayo ay nagsasabi: "Hindi namin alam kung ano ang Takdang Oras. Itinuturing lamang namin ito na isang haka-haka, at kami ay walang ganap na katiyakan (dito)."

33. At sa kanila ay matatambad ang mga masasamang bunga ng kanilang ginawa, at sila ay lubusang mapapaligiran ng mga bagay na kanilang kinukutya! 34 Gayundin naman, sa kanila ay ipagbabadya: "Sa Araw na ito ay Aming

kakaligtaan kayo kung paano rin naman hindi ninyo binigyang pansin ang (inyong) Araw ng Pakikipagtipan. Ang inyong pananahanan ay Apoy at walang sinuman ang makakatulong sa inyo!" 35. Sapagkat kayo ay namihasa na nagturing sa mga Pahayag ni Allah (ang Qur'an) bilang katuwaan, at ang buhay sa mundong ito ang dumaya sa inyo. Kaya't mula sa Araw na ito, sila ay hindi na maiaalis pa rito (Impiyerno), gayundin naman sila ay hindi magiging Yasta'tabun (alalaong baga, hindi na sila makakabalik sa makamundong buhay upang sila ay magtika kay Allah at manikluhod sa Kanyang Kapatawaran ng kanilang mga kasalanan).

36. Kaya't ang lahat ng mga Pagpupuri at Pasasalamat ay kay Allah lamang, ang Panginoon ng kalangitan at Panginoon ng kalupaan at Panginoon at Tagapagtaguyod ng lahat ng mga nilalang. 37. At tanging sa Kanya (lamang) ang pag-aangkin ng Kapamahalaan (Kamahalan) sa kalangitan at kalupaan, at Siya ang Pinakamakapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

Surah 46 • Al-Ahqaf

Ang Liku-likong Landas

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ha, Mim (mga titik Ha, Ma).

2. Ang kapahayagan ng Aklat (ang Qur'an) ay mula kay Allah, ang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Sukdol

sa Karunungan. 3· Hindi Namin nilikha ang kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito ng walang kadahilanan (maliban sa katotohanan), at sa isang natatakdaang panahon, datapuwa't sila na nagtatakwil sa pananampalataya ay tumatalikod sa bagay na sila ay binabalaan.

4· Ipagbadya (O Muhammad sa mga paganong ito): "Magsipag-isip! Ang lahat ng inyong tinatawagan maliban pa kay Allah ay inyong ipamalas sa akin! Ano ang kanilang nilikha sa kalupaan? O sila ba ay may bahagi (sa paglikha) sa kalangitan? Dalhin ninyo sa Akin ang isang Aklat (na ipinahayag) nang una pa rito, o ng anumang latak ng karunungan (na mayroon kayo), kung kayo ay nagpapahayag ng katotohanan!" 5· At sino baga kaya ang higit na napapaligaw maliban sa kanya na nananawagan sa iba maliban pa kay Allah, (sa kanila) na hindi makakapagbigay sa kanya ng kasagutan hanggang sa Araw ng Paghuhukom, at hindi (man lamang) nakakaalam sa kanilang mga panawagan (sa kanila)? 6· At kung ang sangkatauhan ay tipunin nang sama-sama (sa Araw ng Muling Pagkabuhay), sila (na mga huwad na diyus-diyosan) ay magiging mabagsik sa kanila (bilang kaaway) at itatatwa nila ang pagsamba (ng mga tao) sa kanila.

7· At kung ang Aming Maliwanag na mga Talata ay dinadalit sa kanila, ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi kung ang katotohanan (ang Qur'an) ay sumapit sa kanila: "Ito ay maliwanag na salamangka!" 8· At sila ba ay nagsasabi: "Hinuwad (kinopya) lamang niya (Muhammad) ito!" Ipagbadya: "Kung hinuwad ko lamang ito, magkagayunman, kayo ay walang kapangyarihan na

patunayan ako laban kay Allah. Lubos Niyang batid kung ano ang inyong pinag-uusapan tungkol dito (Qur'an). Sapat na Siya bilang isang Saksi sa pagitan ko at ninyo! At Siya ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Tigib ng Habag."

9. Ipagbadya (O Muhammad): "Ako ay hindi naiiba sa mga Tagapagbalita (ni Allah, at ako ay hindi unang Tagapagbalita), gayundin ay hindi ko nalalaman kung ano ang magaganap sa akin o sa inyo. Sinusunod ko lamang kung ano ang ipinahayag sa akin at ako ay isa lamang lantad na Tagapagbabala. 10. Ipagbadya: "Nakikita ba ninyo (at inyong sabihin sa akin)! Kung ang aral na ito (ang Qur'an) ay mula kay Allah, at itinatakwil ninyo ito, at ang isang saksi mula sa Angkan ng Israel (Abdullah bin Salam) ay nagpapatunay na ang Qur'an (na ito) ay mula kay Allah (na nakakahawig ng Torah, ang naunang Kasulatan), at sumampalataya rito (yumakap sa Islam), habang kayo ay lubhang mapagpaimbabaw (upang manalig)." Katotohanang si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na Zalimun (mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig, mapaggawa ng kamalian, hindi makatarungan, atbp.).

11. Ang mga hindi sumasampalataya (malakas at mayaman) ay nagsasabi sa mga sumasampalataya (mahina at mahirap): "Kung ang kalatas (na ito, ang Islam na siyang ipinararating ni Propeta Muhammad) ay tunay na magandang bagay, (ang mga taong ito na mahina at mahirap) ay hindi dapat na nauna pa sa amin! At nang hindi nila hinayaan na ang kanilang sarili ay mapatnubayan (ng Qur'an), sila ay nagsasabi: "Ito ay isang sinaunang kasinungalingan!"

12. At bago pa rito ay (mayroong) Aklat ni Moises bilang

isang patnubay at habag, at ang Aklat na ito (ang Qur'an), sa dilang Arabik, ang nagpapatotoo (roon sa unang Aklat), upang mapaalalahanan ang mga hindi makatarungan, at bilang isang magandang balita sa Muhsinun (mga nagsisigawa ng kabutihan). 13. Katotohanan, sila na nagsasabi: "Ang aming Panginoon ay (tanging) si Allah", at sa ganito ay nag-Istaqamu (nananatiling matimtiman, at naninindigan nang matatag at matuwid sa tamang landas, sa Pananalig sa Islam at Kaisahan ni Allah, at nagsisigawa ng kabutihan at umiiwas sa lahat ng mga kasalanan), sa kanila ay walang pangangamba at walang pagdurusa. 14. Sila ang magsisipanahan sa Halamanan (Paraiso), at mananatili rito ng walang hanggan, bilang isang kabayaran sa kanilang mabubuting gawa.

15. At Aming itinagubilin sa tao ang magpakita ng kabutihan at pagkamasunurin sa kanyang mga magulang. Sa pagbabata ng sakit, ang kanyang ina ay nagdalang tao sa kanya, at sa hirap ay (kanyang) isinilang siya. Ang pagpapalaki (pagpapasuso) sa kanya (bata) sa loob ng tatlumpung buwan, at sa kalaunan, kung siya ay sumapit na sa gulang ng hustong lakas at dumating na sa apatnapung taon, siya ay nagsasabi: "O aking Panginoon! Ako ay gawaran Ninyo ng lakas at kakayahan upang ako ay magkaroon ng pasasalamat sa Inyong mga biyaya na Inyong iginawad sa akin at sa aking mga magulang, at upang ako ay makagawa ng kabutihan, na magiging kalugud-lugod sa Inyo, at gayundin naman, na ang aking anak ay maging mabuti. Katotohanang ako ay naninikluhod sa Inyo sa pagsisisi, at katotohanan na isa ako sa mga Muslim (na tumatalima sa Inyong kalooban)." 16. Sila (ang mga tao)

na Aming tatanggapin ang kanilang mabubuting gawa at kaliligtaan Namin ang kanilang masasamang gawa. Sila ang mananahan sa Paraiso, isang pangako ng katotohanan, na sa kanila ay (Aming) ipinangako.

17. Datapuwa't siya na nagsasabi sa kanyang magulang: "Kapwa kayo sumpain! Kayo baga ay nananangan sa pangako sa akin na ako ay muling ibabangon (mula sa kamatayan), kahima't ang maraming sali't saling lahi ay namatay na noon pang una (na hindi naman nagbangon sa muling pagkabuhay)?" At sila ay nanalangin ng tulong ni Allah (at sumalansang sa kanilang anak): "Kasawian sa iyo! Magkaroon ka ng pananalig! Katiyakan, ang pangako ni Allah ay katotohanan." Subalit siya ay nagsabi: "Ito ay wala ng iba maliban sa mga kuwento ng panahong sinauna!" 18. Sila yaong ang Salita (ng Kaparusahan) laban sa kanila ay makatwiran sa lipon ng mga nakaraang henerasyon ng mga Jinn at tao na nangamatay na. Katotohanang sila ang mga talunan.

19. At sa lahat ay mayroon mga antas ayon sa kanilang mga ginawa, upang Kanyang (Allah) magantimpalaan sila nang ganap sa kanilang mga gawa, at walang anumang di katarungan ang igagawad sa kanila. 20. At sa Araw na ang mga hindi sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) ay ihahagis sa Apoy, (sa kanila ay ipahahayag): "Inaksaya ninyo ang inyong mabubuting bagay sa buhay sa mundong ito at nagdanas kayo ng kasiyahan dito. Ngayon, sa Araw na ito, kayo ay susuklian ng kabayaran ng may parusa ng kaabahan sapagkat kayo ay naging mayabang ng walang karapatan sa kalupaan at sapagkat kayo ay tandisang sumuway at naghimagsik (kay Allah)."

21. At gunitain si Hud, ang isang kapatid na lalaki ni A'ad. Pagmasdan! Pinagsabihan niya ang kanyang mga tao sa tabi ng landas ng Al-Ahqaf (ang liku-liko at mabuhanging burol sa timog na bahagi ng Arabeng kalupaan). At katiyakang mayroon din silang mga Tagapagpaala-ala na pumanaw na bago pa sa kanya (na nagsasabi): "Sambahin ninyo si Allah at wala ng iba, katotohanang pinangangambahan ko sa inyo ang kaparusahan ng Dakilang Araw." 22. Sila ay nagsasabi: "Ikaw ba ay naparito upang aming talikdan ang aming mga diyos? Kung gayon, ganapin mo sa amin (ang kapinsalaan o kalamidad) na iyong ipinananakot sa amin kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan!" 23. Ipinagbadya niya (Muhammad): "Ang Karunungan (kung kailan ang Araw na ito ay darating) ay na kay Allah lamang. Ipinahahayag ko sa inyo ang dahilan ng pagsusugo sa akin, datapuwa't nakikita ko na kayo ay mga tao na walang kaalaman!"

24. At nang kanilang mamasdan ang makapal na ulap na pasadsad sa kanilang kapatagan, sila ay nagsabi: "Ang ulap na ito ay magbibigay sa atin ng ulan!" Hindi, ngunit ito (ay ang kalamidad o kaparusahan) na inyong hinahangad na madaliin! Isang hangin na may kasakit-sakit na Kaparusahan! 25. Ang lahat ay mawawasak nito sa pag-uutos ng inyong Panginoon! At sa kinaumagahan, walang mapagmamalas sa kanila maliban sa kanilang wasak na tirahan! Sa ganito Namin sinusuklian ang mga tao na Mujrimun (makasalanan, mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig, tampalasan, atbp.)!

26. At katiyakan, Aming ginawaran sila ng kasaganaan at kapangyarihan na hindi Namin naigawad sa inyo (O Quraish!). At ipinagkaloob Namin sa kanila ang kanilang

pandinig (mga tainga), pangmasid (mga mata), puso at katalinuhan, datapuwa't walang naging kapakinabangan sa kanila ang kanilang pandinig, pangmasid, puso at katalinuhan nang sila ay magpatuloy sa hindi pagtanggap sa Ayat ni Allah (mga Propeta ni Allah, katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.), at sila ay ganap na napalibutan ng mga bagay na kanilang dating nililibak! 27. At katotohanang winasak Namin noon pa mang una ang mga bayan (pamayanan) sa paligid ninyo, at (paulit-ulit) na ipinamalas Namin ang Ayat (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral, atbp.) sa (kanila) sa iba't ibang paraan upang sila ay magbalik loob sa Amin (sa Katotohanan at sa Kaisahan ni Allah at sa Islam). 28. Bakit kaya walang dumaratal na tulong para sa kanila mula sa mga sinasamba nilang diyos maliban pa kay Allah, bilang isang paraan ng paglapit (kay Allah)? Hindi, ganap silang naglaho sa kanila (nang dumating ang kaparusahan). At ito ang kanilang kasinungalingan at mga gawang kabulaanan na pinagtagni-tagni lamang (mula sa wala, bago dumating ang kanilang pagkawasak).

29. (At alalahanin) nang isinugo Namin sa iyo (O Muhammad) ang Nafran (tatlo hanggang sampu) na lipon ng Jinn (na tahimik) na nakikinig sa Qur'an, at kung sila ay nakatindig (habang ito ay binabasa), sila ay nagsasabi: "Makinig nang tahimik!" At kung ang paglalahad ay natapos na, sila ay nagsisibalik sa kanilang pamayanan upang sila ay bigyan ng babala. 30. Sila ay nagsasabi: "O aming pamayanan! Katotohanang aming napakinggan ang Aklat (Qur'an) na ipinanaog pagkatapos ni Moises, na nagpapatotoo sa mga ipinahayag bago pa rito. Ito ay namamatnubay sa

Katotohanan at sa Matuwid na Landas (Islam). 31· O aming pamayanan! Magsitugon kayo (ng may pagsunod) sa kanya (Muhammad) na nag-aanyaya sa inyo tungo kay Allah, at manalig kayo sa kanya (paniwalaan ang mga ipinadala sa kanya mula kay Allah at sundin siya). Siya (Allah) ay magpapatawad sa inyong mga kamalian at Kanyang iaadya kayo sa kasakit-sakit na kaparusahan (Impiyerno)." 32· At sinuman ang hindi tumugon sa Tagapagpaala-ala ni Allah, siya ay hindi makakatakas sa kalupaan at walang sinumang Auliya (tagapagtanggol, tagapangalaga, atbp.) ang makakapagligtas sa kanya (sa kaparusahan) maliban kay Allah. Sila ang nasa maliwanag na kamalian.

33· Hindi baga nila napagtatanto na si Allah, na Siyang lumikha ng kalangitan at kalupaan, at hindi kailanman napapagal sa Kanyang mga likha ay makapangyayaring magbigay buhay sa patay? Tunay nga, Siya ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay. 34· At sa Araw na ang mga hindi sumasampalataya ay itatambad sa harap ng Apoy, (sila ay tatanungin): "Hindi baga ito ang katotohanan?". Sila ay magsisipakli: "Tunay nga, sa pamamagitan ng aming Panginoon!" (Si Allah ay magwiwika): "Kung gayon, inyong tamasahin ang kaparusahan sapagkat kayo ay hindi nagsisampalataya!"

35· Kaya't ikaw ay maging matimtiman (O Muhammad) na kagaya rin ng mga ginawa (noon) ng mga Tagapagbalita na may matatag na hangarin at huwag mong madaliin ang mga hindi sumasampalataya. Sa Araw na kanilang mamamasdan (ang kaparusahan) na ipinangako sa kanila, (rito ay wari bang) sila ay hindi man lamang nagtagal ng isang oras sa buong maghapon. (Ang iyong tungkulin) ay upang ihatid

lamang ang Paala-ala. (O sangkatauhan, ang Qur'an na ito ay isang maliwanag na Tagubilin o Pahayag upang iligtas ninyo ang inyong sarili sa pagkawasak). Datapuwa't walang mawawasak maliban sa mga tao na Al-Fasiqun (mga lumalabag sa pagmamalabis at mapaghimagsik kay Allah).

Surah 47 • Muhammad

Propeta Muhammad

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1· Sila na nagtatakwil (sa Kaisahan ni Allah at sa Mensahe ni Propeta Muhammad) at humahadlang sa mga tao tungo sa landas ni Allah, sa Islam), ang kanilang mga gawa ay hindi magwawagi kay Allah. 2· Datapuwa't sila na mga sumasampalataya at nagsisigawa ng kabutihan at nananalig sa kapahayagan na ipinanaog kay Muhammad, - sapagkat ito ang katotohanan mula sa kanilang Panginoon, ay Kanyang papawiin sa kanila ang kanilang mga kasalanan at pagdurusa at pag-iibayuhin Niya ang kanilang kalagayan na maging mainam. 3· Sapagkat sila na nagtatakwil kay Allah ay sumusunod sa kabulaanan, ngunit sila na sumasampalataya ay sumusunod sa Katotohanan mula sa kanilang Panginoon. Sa ganitong pagtutulad ay ipinadarama ni Allah sa mga tao ang mga ito upang sa kanila ay maging aral.

4· Kaya't kung inyong makaharap sa labanan (Jihad, maka-Diyos na pakikibaka tungo sa Kapakanan ni Allah) ang mga hindi sumasampalataya, hampasin ninyo ang kanilang

leeg hanggang (sa kalaunan), kung ang karamihan sa kanila ay inyo nang napatay o nasugatan, inyo silang talian ng panggapos ng mahigpit (alalaong baga, sila ay gawin ninyong bihag). Sa gayon, makaraan nito, naririto na ang sandali ng pagpaparaya (palayain sila ng walang tubos), o ipatubos (ayon sa kapakinabangan ng Islam), hanggang ang hilahil ng digmaan ay humupa. Sa ganito, kayo ay pinag-utusan (ni Allah na ipagpatuloy ang pagsasagawa ng Jihad laban sa mga hindi sumasampalataya hanggang sa sila ay yumakap sa Islam [alalaong baga, ang mailigtas sila sa kaparusahan ng Apoy ng Impiyerno], o di kaya ay mapabilang sila sa ilalim ng inyong pangangalaga) , datapuwa't kung ninais lamang ni Allah ay magagawa Niya na matalo sila (kahit na wala kayo), datapuwa't ninais Niya na kayo ay lumaban upang Kanyang masubok kayo at ang iba pa. Datapuwa't sila na nasawi dahil sa Landas ni Allah, ay hindi Niya hahayaan na ang kanilang mga gawa ay mawalang saysay. 5· Hindi magluluwat ay Kanyang papatnubayan sila at pauunlarin ang kanilang kalagayan. 6· At Kanyang tatanggapin sila sa Halamanan (Paraiso) na Kanyang ipinaaalam sa kanila (alalaong baga, malalaman nila ang kanilang lugar sa Paraiso ng higit sa pagkaalam nila sa kanilang tahanan sa mundong ito).

7· O kayong nagsisisampalataya! Kung kayo ay tutulong (sa kapakanan ni Allah) ay Kanyang tutulungan kayo at ititindig Niya ang inyong mga paa nang matatag. 8· Datapuwa't sila na nagtatakwil (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam), sasakanila ang kapinsalaan at si Allah ang magpapasiya na wala silang matamasa sa kanilang mga gawa. 9· Sapagkat sila ay namumuhi sa kapahayagan na ipinanaog sa kanila ni Allah

(ang Qur'an, mga batas Islamiko, atbp.), kaya't ginawa Niya ang kanilang mga gawa na walang kapakinabangan. 10. Hindi baga sila nagsipaglakbay sa kahabaan ng mga lupain at namasdan kung ano ang kinahinatnan ng mga nauna sa kanila (na nagsigawa ng kabuktutan)? Si Allah ang naggawad sa kanila ng tandisang kapinsalaan at gayundin naman ang kahihinatnan ng mga hindi sumasampalataya (kay Allah). 11. Ito'y sa dahilang si Allah ang Maula (Panginoon, Kawaksi, Tagapangalaga, Tagapagtanggol, atbp.) ng mga sumasampalataya, datapuwa't sila na nagtatakwil kay Allah ay walang Maula (Panginoon, Kawaksi, Tagapangalaga, Tagapagtanggol, atbp.).

12. Katotohanan! Si Allah ang tatanggap sa kanila na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at nagsisigawa ng kabutihan, sa Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso), datapuwa't sila na nagtatakwil kay Allah ay nagpapakaligaya sa kanilang sarili (sa mundong ito) at kumakain na tulad ng mga baka, at ang Apoy ang kanilang magiging tahanan. 13. At ilan baga ang mga bayan (pamayanan) na may higit na kapangyarihan sa iyong lungsod (Makkah, [O Muhammad]), na nagtaboy sa iyo, ang Aming winasak (dahil sa kanilang kasamaan)? At walang sinuman ang makakatulong sa kanila.

14. Siya kaya na nasa maliwanag na katibayan (landas) mula sa kanyang Panginoon ay katulad nila na ang kanilang masasamang gawa na kanilang isinasakatuparan ay ginawang makapang-akit at maging maganda sa kanila, habang kanilang sinusunod ang kanilang sariling pagnanasa (masasamang hangarin)? 15. Narito ang paglalarawan ng Halamanan (Paraiso) na sa Mutaqqun (mga matutuwid

at matimtimang tao na labis na nagmamahal kay Allah at umiiwas sa lahat ng mga masasamang gawa na Kanyang ipinagbabawal at nagmamahal kay Allah ng higit at nagsasagawa ng mga mabubuting gawa na Kanyang ipinag-uutos) ay ipinangako: Naririto ang mga ilog na ang tubig nito sa lasa at samyo ay hindi nagmamaliw (sa kasariwaan); mga batis ng gatas na ang lasa ay hindi kailanman nagbabago; mga batis ng alak na ang linamnam ay isang kasiyahan sa mga umiinom, at mga batis ng pulot-pukyutan na puro at dalisay. Naririto ang lahat ng uri ng bungangkahoy; at Pagpapatawad mula sa kanilang Panginoon. (Sila kaya na maninirahan sa kaligayahan) ay maihahalintulad sa mga magsisipanahan sa Apoy, na bibigyan dito upang uminom ng kumukulong tubig na humihiwa (ng pira-piraso) sa laman ng kanilang mga bituka?

16. At sa karamihan nila ay mayroon mga tao na nakikinig sa iyo (O Muhammad), hanggang sa sila ay magpaalam na sa iyo, at sila ay nagsasabi sa mga tao na tumanggap ng Karunungan: "Ano baga yaong sinabi niya ngayon (lamang)? Sila ang mga tao na ang puso ay sinarhan ni Allah, at sila ay sumusunod lamang sa kanilang mga pita (masasamang pagnanasa). 17. Datapuwa't sila na tumatanggap ng Patnubay, ay pinag-iibayo Niya ang kanilang Patnubay, at iginawad Niya sa kanila ang pagiging matimtiman at mapagtimpi (sa paggawa ng kasamaan).

18. Sila baga ay naghihintay lamang (ng kahit na ano) ng iba pa sa Takdang Oras, - na ito ay sumapit sa kanila nang bigla at hindi inaasahan? Datapuwa't ang ilan sa kanyang mga tanda (mga pahiwatig at palatandaan) ay dumatal na sa kanila, at kung ito ay igawad na sa kanila, ano ang magiging

kapakinabangan kung gayon ng, kanilang Tagapagpaala-ala? 19. Kaya't iyong maalaman (O Muhammad) na ang La ilaha ill Allah (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah), at ikaw ay humingi ng kapatawaran sa iyong pagkakamali; at gayundin (sa mga pagkakasala) ng mga sumasampalatayang lalaki at mga sumasampalatayang babae. At ganap na nababatid ni Allah ang inyong pagkilos at kung paano kayo nananahan sa inyong mga tahanan.

20. Sila na sumasampalataya ay nagsasabi: "Bakit kaya hindi ipinanaog (sa amin) ang isang Surah (Kabanata ng Qur'an)? Datapuwa't kung ang isang Surah na may tampok na kahulugan (na nagpapaliwanag at nag-uutos ng mga bagay-bagay) ay ipinanaog, at ang pakikipaglaban (Jihad, ang maka-Diyos na pakikidigma) ay nababanggit dito (alalaong baga, ipinag-uutos), iyong mapagmamalas ang mga tao na sa kanilang puso ay may karamdaman (ng pagkukunwari) na tumitingin sa iyo na (katulad ng) isang sulyap ng isang nangangapos ang hininga dahilan sa napipintong kamatayan. Ngunit higit na mainam sa kanila (na mapagkunwari, ang makinig kay Allah at tumalima sa Kanya). 21. Ang pagsunod (kay Allah) at mabubuting gawa (ay higit na mainam sa kanila). At kung ang mga bagay-bagay (ang paghahanda sa Jihad, ang maka-Diyos na pakikidigma) ay napagpasiyahan na, kung gayon, ito ay higit na makakabuti sa kanila kung sila ay tapat kay Allah. 22. At kayo ba, kung kayo ay bigyan ng kapamahalaan, ay magsisigawa ng kabuktutan sa kalupaan, at inyong puputulin ang gapos ng pagkakaibigan at pagkakamag-

anak? 23. Sila nga ang mga tao na isinumpa ni Allah, kaya't Kanyang ginawa silang bingi at nadirimlan ang paningin.

24. Hindi baga sila nagnanais na mainam na maunawaan ang Qur'an, o may sagka ba ang kanilang mga puso (upang makaunawa)? 25. Katotohanang sila na nagsitalikod (sa pananampalataya) bilang mga hindi sumasampalataya, kahima't ang Patnubay ay maliwanag na ipinamalas sa kanila, si Satanas ang nag-udyok sa kanila at nagbuyo sa maling pag-asam, at (si Allah) ang nagpalawig ng kanilang taning (gulang). 26. Ito'y sa dahilang sila ay nagsasabi sa mga namumuhi sa mga ipinahayag ni Allah: "Kami ay susunod sa inyo sa bahagi ng (ganitong) bagay-bagay," datapuwa't talastas ni Allah (ang pinakatago) sa kanilang lihim. 27. Datapuwa't paano (ang pangyayari) kung ang mga anghel ay kukuha na ng kanilang kaluluwa sa (sandali nang) kanilang kamatayan na humahampas sa kanilang mukha at kanilang likuran? 28. Sapagka't sila ay sumunod sa mga bagay na nagbibigay poot kay Allah at (kanilang) kinasuklamam ang nagbibigay lugod at kasiyahan kay Allah, kaya't Kanyang ginawa na ang kanilang mga gawa ay walang saysay.

29. O sila kayang mga tao na sa kanilang puso ay may sakit (ng pagkukunwari) ay nag-aakala na si Allah ay hindi maglalantad ng lahat ng natatago nilang masamang damdamin at pagnanasa? 30. Kung Aming ninais lamang, ay magagawa Naming maipakita sila sa inyo, sa gayon, sila ay inyong mapag-aalaman sa pamamagitan ng kanilang mga tanda (marka), datapuwa't katotohanang sila ay makikilala ninyo sa taginting ng kanilang pananalita! At si Allah ang nakakaalam ng lahat ninyong ginagawa.

31. At katiyakang kayo ay susubukan Namin hanggang

sa Aming masubok kung sino sa inyo ang nagsisikap nang lubusan (tungo sa Kapakanan ni Allah) at may pagtitiyaga at pagtitiis, at Aming susubukan ang inyong ipinahahayag (alalaong baga, kung sino ang sinungaling at sino ang nagsasabi ng katotohanan). 32· Katotohanang sila na hindi sumasampalataya, na humahadlang sa mga tao tungo sa Landas ni Allah (Islam) at tumututol sa Tagapagbalita (kay Muhammad, sa pamamagitan ng paninindigan laban sa kanya at pananakit sa kanya), kahima't ang Patnubay ay malinaw na ipinamalas sa kanila, sila ay hindi makakapagbigay ng kahit na anumang maliit na kasahulan o pasakit kay Allah, bagkus ay Kanyang gagawin ang kanilang mga gawa na walang kabuluhan.

33· O kayong nagsisisampalataya! Sundin ninyo si Allah at sundin ang Tagapagbalita (Muhammad) at huwag ninyong ituring na walang saysay ang inyong mga gawa! 34· Katotohanang sila na hindi sumasampalataya at humahadlang sa mga tao tungo sa Landas ni Allah (Islam), at namatay sa kalagayan nang kawalang pananalig, - si Allah ay hindi magpapatawad sa kanila. 35· Kaya't huwag kayong mapagal at manglumo sa inyong puso at humibik ng kapayapaan (sa mga kaaway ng Islam), habang kayo ang nakakahigit (sa kapakinabangan). Si Allah ay nasa sa inyo at hindi kailanman Niya hahayaan na mawalang katuturan ang inyong mabubuting gawa.

36· Ang buhay sa mundong ito ay isa lamang paglalaro at pagsasaya, datapuwa't kung kayo ay mananampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam), at may pangangamba at lumalayo sa kasamaan, ay ipagkakaloob Niya sa inyo ang inyong kabayaran, at hindi Niya hihilingin na isuko ninyo

ang inyong kayamanan. 37· Kung Siya ay humiling sa inyo ng mga ito, at pilitin kayo, kayo ay magtatangka na itago at bimbinin ito, at ilalantad Niyang lahat ang inyong (lihim) na masasamang saloobin at nasa. 38· Pagmasdan! Kayo ang mga inaanyayahan na gumugol (ng inyong yaman) tungo sa Landas ni Allah, datapuwa't sa lipon ninyo ay may mga sakim, at kung sinuman ang maging sakim, siya ay gumawa ng kapahamakan ng kanyang kaluluwa. Datapuwa't si Allah ay Masagana (na hindi nangangailangan ng anuman) at kayong sangkatauhan ay mahirap (at nangangailangan ng lahat). At kung kayo ay tumalikod (sa Islam at sa pagtalima sa Landas ni Allah), ay Kanyang ipagpapalit kayo sa ibang mga tao, at sila ay hindi ninyo magiging katulad!

Surah 48 • Al-Fath

Ang Tagumpay

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, Ang Pinakamaawain

1· Katotohanang ikaw (O Muhammad) ay pinagkalooban Namin ng lantad na tagumpay. 2· Upang si Allah ay magpatawad sa iyong mga pagkakamali ng mga panahong nagdaan at (gayundin) sa panahong darating, at upang ganapin Niya ang Kanyang paglingap sa iyo at ikaw ay patnubayan Niya sa Matuwid na Landas. 3· At upang si Allah ay tumulong sa iyo ng isang lubusang pagtulong.

4· Siya (Allah) ang naghahatid ng As-Sakinah (katahimikan at kapanatagan) sa puso ng mga sumasampalataya, upang

mapag-ibayo nila ang kanilang Pananalig, na katambal ng kanilang Pananalig sa ngayon. At si Allah ang nag-aangkin ng mga laksa-laksang bagay sa kalangitan at kalupaan, at si Allah ang may Ganap na Kaalaman, ang Puspos ng Karunungan. 5. Upang Kanyang tanggapin ang mga sumasampalatayang lalaki at mga sumasampalatayang babae sa Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso), upang manahan dito sa kasiyahan magpakailanman, at (Kanyang) pawiin sa kanila ang kanilang mga kasalanan, at ito sa paningin ni Allah ay isang sukdol na tagumpay, 6. At upang Kanyang maparusahan ang Munafiqun (mga mapagpaimbabaw, mapagkunwari), mga lalaki at babae, at gayundin ang Mushrikun (mga mapagsamba sa maraming diyus-diyosan at nag-aakibat ng mga katambal sa pagsamba kay Allah), mga lalaki at babae, na nag-iisip ng masamang saloobin kay Allah, sa kanila ay may isang kaaba-abang kaparusahan. Ang Poot ni Allah ay nasa kanila at Kanyang isinumpa sila at (Kanyang) inihanda ang Impiyerno para sa kanila, at tunay namang pagkasama-sama ng gayong hantungan. 7. Kay Allah ang pag-aangkin ng lahat ng laksa-laksang bagay sa kalangitan at kalupaan, at si Allah ang Lalagi nang Ganap na Maalam, ang Tigib ng Karunungan.

8. Katotohanang ikaw (O Muhammad) ay isinugo Namin bilang isang saksi, at tagapaghatid ng Magandang Balita, at isang Tagapagbabala. 9. Upang kayo (O sangkatauhan) ay manampalataya kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita, at kayo ay tumulong at magparangal sa kanya (Muhammad) at (upang inyong) ipagbunyi ang mga pagluwalhati sa Kanya (Allah) sa umaga at hapon. 10. Katotohanang sila

na nagbibigay ng kanilang Bai'a (pagpanig, pagtangkilik at katapatan) sa iyo (O Muhammad), sila ay nagbibigay ng Bai'a (pagpanig, pagtangkilik at katapatan) sa katotohanan kay Allah. Ang Kamay ni Allah ay nasa ibabaw ng kanilang mga kamay, kaya't kung sinuman ang lumabag sa kanyang katapatan (sa pagpanig at pagtangkilik) ay gumawa nito tungo sa kasahulan ng kanyang kaluluwa, at kung sinuman ang tumupad ng kanyang ipinangako (o kasunduan) kay Allah, si Allah ay dagling maggagawad sa kanya ng malaking Gantimpala.

11. Sila na mga Bedouin (Arabong nananahan sa disyerto) na nagpaiwan ay magsasabi sa iyo. "Kami ay naging abala sa pamamahala ng aming mga manukan at hayupan at sa aming pamilya, - maaari bang hingin mo ang kapatawaran tungo sa amin?" Sila ay nagsisipagbadya sa kanilang dila (ngunit) wala naman sa kanilang puso. Ipagsaysay: "Sino kaya baga ang may ganap na kapangyarihan, ang makakahadlang sa inyong kapakanan sa harap ni Allah, kung Kanyang naisin na bigyan kayo ng kasahulan o pagkalooban kayo ng kapakinabangan? Hindi, datapuwa't si Allah ang Lalagi nang Lubos na Nakakaalam ng lahat ninyong ginagawa. 12. Hindi, napag-akala ninyo na ang Tagapagbalita at ang mga sumasampalataya ay hindi na kailanman makakabalik sa kanilang mga pamilya, at ito ay naghatid ng lugod sa inyong puso, at kayo ay nag-isip ng maraming isipin, sapagka't kayo ay mga walang halagang tao na tutungo sa pagkawasak." 13. At kung sinuman ang hindi nananampalataya kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita (Muhammad), inihanda na Namin sa mga nagtatakwil kay Allah ang Naglalagablab na Apoy! 14. Kay Allah lamang ang paghahawak ng kapamahalaan ng

kalangitan at kalupaan. Siya ay nagpapatawad sa sinumang Kanyang maibigan at nagpaparusa sa sinumang Kanyang maibigan. At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

15. Sila na nagpaiwan (ay magsasabi), kung kayo ay humayo na upang sinupin ang mga labi ng digmaan: "Kami ay payagan ninyo na sumunod sa inyo." Nais nila na baguhin ang Salita ni Allah. Ipagbadya: "Kayo ay hindi susunod sa amin; ito ay winika na ni Allah noon pa man." At sila ay magsasabi: "Hindi, kayo ay nangingimbulo sa amin." Hindi, datapuwa't kakarampot lamang ang kanilang nauunawaan (sa gayong bagay).

16. Ipagbadya (O Muhammad) sa mga Bedouin (mga Arabong nananahan sa disyerto na nagpaiwan): "Kayo ay ipatatawag upang makipaglaban sa mga tao na ibinigay sa makabuluhang labanan, kaya't kayo ay makikipaglaban sa kanila, o sila ay susuko. Ngayon, kung kayo ay magpapakita ng pagtalima, si Allah ay magkakaloob sa inyo ng makatarungang gantimpala, datapuwa't kung kayo ay magsisitalikod na kagaya nang ginawa ninyong pagtalikod noong una, ay Kanyang parurusahan kayo ng kasakit-sakit na Kaparusahan". 17. Dito ay hindi susumbatan (o walang kasalanan) ang bulag, gayundin naman ang lumpo, o kaya ang maysakit (kung sila ay hindi nakasama sa labanan), at sinuman ang sumunod kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita (Muhammad), si Allah ay tatanggap sa kanya sa Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso), at kung sinuman ang tumatalikod, si Allah ay magpaparusa sa kanya ng kasakit-sakit na Kaparusahan.

18. Katotohanang si Allah ay nalulugod sa mga sumasampalataya nang sila ay nagbigay ng Ba'ia (panunumpa ng katapatan) sa iyo (O Muhammad) sa ilalim ng punongkahoy. Batid Niya ang nasa kanilang puso at Siya ang nagpapanaog ng As-Sakinah (katahimikan at kapanatagan) sa kanila at Kanyang ginantimpalaan sila ng abot-kamay na Tagumpay. 19. (Bukod pa rito), maraming kapakinabangan mula sa mga labi ng digmaan ang kanilang matatamasa, at si Allah ay Lalagi nang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan. 20. Si Allah ay nangako sa inyo ng maraming kapakinabangan mula sa mga labi ng digmaan na inyong matatamasa, at ang mga ito ay daglian Niyang ibinigay sa inyo, at pinigilan Niya ang kamay ng mga tao na malapit sa inyo, upang ito ay maging isang Tanda sa mga Sumasampalataya at upang kayo ay Kanyang magabayan sa isang Matuwid na Landas. 21. At ang iba pang kapakinabangan (mga tagumpay at mga labi ng digmaan na Kanyang ipinangangako sa inyo) na hindi abot ng inyong lakas at kapangyarihan, katotohanang ito ay iginawad sa inyo ni Allah, at si Allah ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

22. At kung ang mga hindi sumasampalataya ay makipaglaban sa inyo, katotohanang sila ay magsisitalikod, sa gayon sila ay hindi makakatagpo ng anumang Wali (tagapangalaga, tagapagtanggol) gayundin ng kawaksi o tulong. 23. Gayon ang naging Landas (mga palakad at pagtuturing) ni Allah sa kanila na pumanaw na noon pang una, at walang pagbabago kayong makikita sa naging Landas (mga palakad at pagtuturing) ni Allah. 24. At Siya ang pumigil ng kanilang kamay sa inyo (upang kayo ay hindi

masaktan), gayundin naman ng inyong kamay sa kanila (upang kayo ay hindi makasakit) doon sa libis ng Makkah, pagkaraang igawad Niya sa inyo ang Tagumpay laban sa kanila. At si Allah ang Lagi nang Lubos na Nakakamasid ng lahat ng inyong ginagawa.

25. Sila yaong hindi sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam), at humahadlang sa inyo sa Masjid-ul-Haram (ang Banal na Bahay Dalanginan sa Makkah), at gayundin naman sa inyong pangsakripisyong alay na hayop na kanilang ikinulong upang ito ay hindi makaabot sa pook na pag-aalayan ng inyong sakripisyo. Kung hindi lamang sana sa mga nananampalatayang lalaki at mga nananampalatayang babae na hindi ninyo nakikilala na maaari ninyong mapatay, at dahil dito, ito ay magiging sanhi upang kayo ay makagawa ng pagkakasala (na hindi ninyo nababatid, [si Allah sana ay magpapahintulot sa inyo na sila ay inyong lusubin, datapuwa't pinigilan Niya ang inyong mga kamay]), upang Kanyang tanggapin sa Kanyang Habag ang sinumang Kanyang maibigan. Kung sila lamang ay magkalayo (hindi magkalapit ang mga sumasampalataya at mga hindi sumasampalataya), katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya sa kanilang lipon ay Aming pinarusahan ng kasakit-sakit na kaparusahan.

26. Nang ang mga hindi sumasampalataya ay naglagay sa kanilang puso ng kapalaluan at kayabangan, - ang kapalaluan at kayabangan nang panahon ng kawalang muwang, - si Allah ay nagpapanaog ng Kanyang Sakinah (katahimikan at kapanatagan) sa Kanyang Tagapagbalita at gayundin sa mga Sumasampalataya at hinayaan Niya na manangan sila sa salita ng kabanalan (alalaong baga, wala ng iba pang

diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah), at ito ay ganap na marapat sa kanila at (sila) ay karapat-dapat dito. At si Allah ang Ganap na Nakakabatid ng lahat ng bagay.

27. Katotohanang tutuparin ni Allah ang tunay na pangitain na Kanyang ipinamalas sa Kanyang Tagapagbalita (alalaong baga, si Propeta Muhammad ay nakakita sa panaginip na siya ay pumasok sa Makkah na kasama ang kanyang mga kapanalig, na ang kanilang buhok [sa ulo] ay ahit at nagugupitan ng maikli), sa tampok na katotohanan. Katiyakang kayo ay magsisipasok sa Masjid-ul-Haram (Banal na Bahay Dalanginan), kung pahihintulutan ni Allah, na may panatag na kaisipan, na ahit ang kanilang buhok sa ulo, at ang ibang buhok ay pinutulan ng maikli, at walang pangangamba, sapagka't nababatid Niya ang hindi ninyo nalalaman at nagkakaloob Siya maliban pa rito ng abot-kamay na Tagumpay.

28. Siya (Allah) ang nagpadala ng Kanyang Tagapagbalita (Muhammad) ng may Patnubay at ng Pananampalataya ng Katotohanan (Islam), upang Kanyang magawa ito (Islam) na mangibabaw sa lahat ng mga pananampalataya, at Ganap na Sapat si Allah bilang isang Saksi.

29. Si Muhammad ang Tagapagbalita ni Allah, at ang mga tao na sumama sa kanya ay matatag laban sa mga hindi sumasampalataya, at sila ay mapagmahal sa isa't isa. Iyong mapagmamalas sila na yumuyukod at nagpapatirapa sa kanilang pagdalangin na naninilukhod ng Kasaganaan mula kay Allah at ng (Kanyang) Mabuting Pagkalugod. Sa kanilang mukha ay may mga marka (alalaong baga, ng kanilang pananampalataya) mula sa mga bakas ng kanilang

pangangayupapa (sa pagdalangin). Ito ang nakakahalintulad nila sa Torah (mga Batas), at ang nakakahalintulad nila sa Ebanghelyo ay ito: Katulad nila ay buto (na itinanim) at bumukadkad sa pagtubo, at naging matatag, at sa kalaunan ay lumago at tumindig nang matuwid sa kanilang katawan, na nagbibigay sa mga nagtanim ng pagkamangha at kasiyahan. Dahilan dito, ang mga hindi sumasampalataya ay napuspos ng pagkagalit sa kanila. Si Allah ay nangako sa kanila na mga sumasampalataya (alalaong baga, sila na mga sumusunod sa Islam at nanalig sa Kaisahan ni Allah, ang Pananampalataya ni Propeta Muhammad hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay), at nagsisigawa ng kabutihan, ng pagpapatawad at ng isang malaking gantimpala.

Surah 49 • Al-Hujurat

Ang Mga Nagigitnang Silid

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. O kayong sumasampalataya! Huwag ninyong gawin ang inyong sarili na manguna sa harapan ni Allah at sa Kanyang Sugo, datapuwa't pangambahan ninyo si Allah. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakakarinig at Ganap na Nakakabatid sa lahat ng bagay.

2. O kayong sumasampalataya! Huwag ninyong itaas ang inyong tinig nang higit sa tinig ng Propeta, at huwag din namang mangusap sa kanya ng malakas na katulad ng inyong pag-uusap sa isa't isa, baka ang inyong mga gawain ay

mawalan ng saysay habang ito ay hindi ninyo napag-aakala. 3· Katotohanan, ang mga nagbababa ng kanilang tinig sa harapan ng Tagapagbalita ni Allah, sila yaong ang mga puso ay nasubok na ni Allah sa kataimtiman at kabanalan. Sasakanila ang Kapatawaran at saganang Gantimpala. 4· Katotohanan, sila na tumatawag sa iyo (O Muhammad) sa likod ng mga nagigitnang silid, ang karamihan sa kanila ay kapos sa pang-unawa. 5· Kung mayroon lamang silang pagtitiyaga na maghintay hanggang sa sila ay iyong pakiharapan, ito ay higit na mainam sa kanila. At si Allah ay Malimit na Pagpapatawad, ang Pinakamaawain.

6· O kayong sumasampalataya! Kung ang isang mapaghimagsik at makasalanang tao ay dumatal sa inyo na may hatid na anumang balita, inyong tiyakin ang katotohanan, baka kayo ay makapinsala sa inyong kapwa nang hindi ninyo sinasadya, at sa bandang huli ay matigib kayo sa pagsisisi sa inyong nagawa. 7· At inyong maalaman na sa lipon ninyo ay naroroon ang Tagapagbalita ni Allah. Kung kayo ay kanyang susundin sa maraming mga bagay-bagay (alalaong baga, sa inyong mga kuru-kuro at hangarin), katiyakang kayo ay malalagay sa kaguluhan. Datapuwa't si Allah ang nagtanim ng pananalig sa inyo, at ginawa Niya ito na maganda sa inyong puso, at ginawa Niya na inyong kamuhian ang kawalan ng pananalig, ang kabuktutan at paghihimagsik at hindi pagsunod (kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita). Sila sa katotohanan ang mga tumatahak sa kabutihan. 8· Isang biyaya at gantimpala mula kay Allah, at si Allah ay Tigib ng Kaalaman at Puspos ng Karunungan.

9· At kung ang dalawang pangkat sa lipon ng mga sumasampalataya ay humantong sa isang tunggalian, kung

gayon, payapain ninyo sila sa isa't isa, datapuwa't kung ang isa sa kanila ay lumampas sa hangganan ng pagmamalabis laban sa isa, kung gayon, inyong labanan ang nagmamalabis hanggang sa sila ay makasunod sa ipinag-uutos ni Allah. Subali't kung sila ay sumunod, kung gayon, kayo ay makipag-unawaan sa kanila ng may katarungan at maging pantay sa katarungan, sapagkat katotohanang si Allah ay nagmamahal sa kanila na makatarungan. 10. Katotohanan, ang mga sumasampalataya ay wala ng iba maliban na isang pagkakapatiran (sa Pananampalatayang Islam), kaya't makipagpayapaan at makipag-unawaan sa pagitan ng inyong nagtutunggaliang mga kapatid, at pangambahan ninyo si Allah upang kayo ay magkamit ng Habag.

11. O kayong sumasampalataya! Huwag hayaan ang isang pangkat sa inyong kalalakihan ay mangutya sa ibang pangkat. Maaaring ang huli ay higit na mainam kaysa sa una at huwag din namang hayaan na ang ilan sa inyong kababaihan ay mangutya sa ibang kababaihan, maaaring ang huli ay higit na mainam kaysa sa una. Gayundin naman, huwag ninyong siraan ang bawat isa, at gayundin, huwag ninyong tawagin ang bawat isa sa nakakasakit na mga palayaw. Tunay namang masama na inyong hiyain ang isang kapatid matapos na siya ay magkaroon ng Pananampalataya (alalaong baga, ang tawagin ang inyong Muslim na kapatid na naging isang matapat na mananampalataya ng: "O makasalanan, o O buktot", atbp.). At kung sinuman ang hindi magsisi, katotohanang sila ang Zalimun (mga gumagawa ng kamalian, buktot, buhong, atbp.).

12. O kayong sumasampalataya! Inyong iwasan ang maraming pagdududa, katiyakang ang ilang pagdududa

(sa ilang katatayuan) ay mga kasalanan. At huwag kayong manubok, gayundin huwag kayong magpamalas ng panlalait sa bawat isa sa talikuran. Mayroon bang isa sa inyo ang ibig na kumain ng laman ng patay niyang kapatid? Tunay ngang kasusuklaman ninyo ito (kaya't kamuhian ninyo ang panlalait sa talikuran), datapuwa't inyong pangambahan si Allah, katotohanang si Allah ang Tanging Isa na tumatanggap ng pagsisisi, ang Pinakamaawain.

13. O sangkatauhan! Aming nilikha kayo mula sa isang pares ng lalaki at babae, at Aming ginawa kayo sa maraming bansa [pamayanan] at mga tribo upang mangakilala ninyo ang isa't isa (hindi upang kasuklaman ninyo ang isa't isa). Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa paningin ni Allah ay (yaong sumasampalataya) na may At-Taqwa (siya na pinakamatuwid sa kabutihan, isa sa Muttaqun, alalaong baga, mga matimtiman at mabuting tao na labis na nangangamba kay Allah at umiiwas sa lahat ng mga kasalanan at masasamang gawa na Kanyang ipinagbawal at nagmamahal kay Allah ng higit at nagsasagawa ng lahat ng uri ng kabutihan na Kanyang ipinag-utos). Katotohanang si Allah ay Tigib ng Kaalaman at Lubos na Nakakabatid ng lahat ng bagay.

14. Ang mga Bedouin (mga Arabong nananahan sa disyerto) ay nagsasabi: "Kami ay sumasampalataya." Ipagbadya: "Kayo ay hindi sumasampalataya, bagkus ay nagsasabi lamang" ng: "Kami ay nagsuko ng aming kalooban kay Allah (sa Islam)", sapagkat hindi pa pumasok ang pananampalataya sa inyong puso. Datapuwa't kung inyong susundin si Allah at ang Kanyang Tagapagbalita, hindi Niya mamaliitin ang inyong mga gawa at babawasan

ang inyong gantimpala. Katotohanang si Allah ay Malimit na Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 15. Ang mga sumasampalataya ay sila lamang na nananalig kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita, at hindi nagkaroon ng anumang pag-aalinlangan sa pasimula pa, bagkus ay nagsikhay na kasama ang kanilang mga ari-arian at kanilang buhay tungo sa Kapakanan ni Allah. Sila nga! Sila ang matatapat.

16. Ipagbadya: "Ano? Ipaaalam ba ninyo kay Allah ang tungkol sa inyong relihiyon?" Samantalang si Allah ang nakakabatid ng lahat ng nasa kalangitan at kalupaan. Si Allah ang may Ganap na Kaalaman sa lahat ng bagay. 17. Sila ay nagtuturing na isang kagandahang loob (mula sa kanila) tungo sa iyo (O Muhammad) na sila ay yumakap sa Islam. Iyong ipagbadya: "Huwag ninyong ituring ang inyong Islam bilang isang kagandahang loob (ninyo) sa akin." Hindi, datapuwa't si Allah ang nagkaloob ng kagandahang loob sa inyo, at Kanyang ginabayan kayo sa Pananalig upang kayo ay maging matuwid at matapat. 18. Katotohanang si Allah ang nakakabatid ng mga nalilingid sa kalangitan at kalupaan, at si Allah ang Ganap na Nakakamasid ng lahat ninyong ginagawa.

Ang Titik Q

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Qaf (titik Q):

Sa pamamagitan ng Maluwalhating Qur'an (ikaw O Muhammad ay tunay na Tagapagbalita ni Allah). 2. Datapuwa't sila ay namangha nang dumatal sa kanilang lipon ang isang Tagapagbabala. Kaya't ang mga hindi sumasampalataya ay nagsabi: "Ito ay isang kamangha-manghang bagay!". 3. "Ano? Na kung kami ay mamatay at maging abo, (kami ay muling mabubuhay?) Ito ay isang paraan ng Pagbabalik na malayo (sa aming pang-unawa)." 4. Talastas Namin kung ilan sa kanila ang kinuha (inilibing) ng lupa (na mga patay na katawan). At nasa Amin ang isang Talaan (na nag-iingat sa lahat ng pagsusulit). 5. Datapuwa't itinatwa nila ang katotohanan (ang Qur'an) nang ito ay dumatal sa kanila, at sila ay nasa kalituhan (alalaong baga, hindi nila makilala ang pagkakaiba ng tumpak at mali).

6. Hindi baga sila nagmamasid sa alapaap (langit) sa kaitaasan? Kung paano Namin nilikha at ginayakan yaon, at doon ay walang anumang kasahulan ? 7. At ang kalupaan! Aming inilatag ito at nilagyan ng kabundukan na nakatayo nang matatag, at nagpatubo (Kami) rito ng lahat ng uri ng magagandang pananim (na magkakatambal). 8. Bilang pananaw at pagunita (paala-ala) sa bawat tagapaglingkod na nagbabalik-loob kay Allah (alalaong baga, siya na

sumasampalataya kay Allah at gumagawa ng mga pagsunod sa Kanya at laging humihingi ng Kanyang kapatawaran). 9. At pinamalisbis Namin mula sa alapaap ang ulan na puno ng biyaya, at pinasibol Namin dito (sa kalupaan) ang mga halamanan at butil sa mga pag-aani. 10. At matataas (at mabibikas) na punong palmera (datiles) na may mga piling na hitik sa bunga. 11. Bilang mga pagkain at ikabubuhay ng mga tagapaglingkod (ni Allah); at ginawaran Namin ng (bagong) buhay ang patay (tigang) na lupa. Sa ganitong (paghahambing) ang Muling Pagkabuhay (ng patay).

12. Bago pa man sila, ay itinatwa na ng Pamayanan ni Noe, ng mga Kasamahan ni Rass, (ng tribu) ni Thamud (ang Kabilang Buhay), 13. Ni A'ad, Paraon, at mga kapatid ni Lut, 14. At ng mga Naninirahan sa Kakahuyan, at ng pamayanan ng Tubba. Ang bawat isa sa kanila ay nagtakwil sa (kanilang) mga Tagapagbalita, kaya't ang Aking Babala ay ipinatupad sa kanila. 15. Kami (Allah) baga ay napagal sa Aming Unang Paglikha, at sila ay naguguluhan at nag-aalinlangan sa bagong Paglikha (alalaong baga, ang Muling Pagkabuhay)?

16. At katotohanang Kami ang lumikha sa tao, at batid Namin kung ano ang ibinubulong ng kanyang kaluluwa; sapagkat higit Kaming malapit sa kanya (sa Aming karunungan) kaysa sa kanyang ugat sa leeg. 17. Pagmasdan ang dalawang (nagbabantay na anghel) na nakatalaga upang maalaman (ang kanyang mga gawa), mabatid (at maitala ito). Isa ang nakaupo sa kanan at isa sa kaliwa. 18. Walang isa mang salita na kanyang usalin ang makakahulagpos sa matamang Tagapagbantay.

19. At ang pagkabaghan (pagkatuliro) sa kamatayan ay daratal sa katotohanan. "Ito ang bagay na

pinagsusumikapan mong takasan!” 20· At ang Tambuli ay hihipan. Ito ang Araw na ang Babala ay iginawad (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay). 21· At ang bawat kaluluwa ay magsisilapit; na sa bawat isa ay (may anghel) na humihila at (anghel) na nagbibigay patotoo. 22· (At sa makasalanan ay ipagsasaysay): “Katotohanang ikaw ay hindi nakinig dito, ngayon ay Aming tinanggal ang iyong lambong, at higit na matalim ang iyong paningin sa Araw na ito!” 23· At ang kanyang kasamang (anghel) ay magsasabi: “Narito sa akin ang Talaan na laging nakahanda!” 24· (At ang kahatulan ay ito:) “Kayong dalawa (mga anghel), inyong itapon sa Impiyerno ang bawat isang matigas ang ulo na walang pananalig (sa Kaisahan ni Allah, sa Kanyang mga Tagapagbalita, atbp.)!” 25· “ Na nagbabawal sa mga mabubuti, na nagmalabis sa hangganan (ng pagsuway), at nag-aalinlangan; 26· Na nagtitindig ng iba pang diyos bilang katambal ni Allah, siya ay kapwa ninyo (ang mga anghel) itapon sa Kasakit-sakit na Kaparusahan.” 27· Ang kanyang kasama (si Satanas) ay magsasabi: “Aming Panginoon! Siya ay hindi ko itinulak na magmalabis sa pagsuway (kawalan ng pananalig, pang-aapi, kabuktutan), datapuwa’t siya (sa kanyang sarili) ay nasa kamalian at pagkaligaw na malayo.” 28· Si Allah ay magwiwika: “Huwag kayong magtalo sa Aking Harapan. Noon pa mang una, Ako ay nagparating na sa inyo ng Babala.” 29· “Ang Aking Salita ay hindi magbabago, at Ako ay hindi maggagawad ng kahit isa mang katiting ng di katarungan sa Aking mga alipin”.

30· Sa Araw na Aming tatanungin ang Impiyerno:, “Ikaw baga ay nalalagyan na ng husto?” Ito ay magsasabi: “ Mayroon pa bang ibang darating?” 31· At ang Halamanan

(Paraiso) ay itatambad nang malapit sa Muttaqun (mga matutuwid at matimtimang tao na umiiwas sa lahat ng mga ipinagbabawal at sumusunod sa lahat ng mga ipinag-uutos ni Allah). 32. (At dito ay ipagbabadya): " Ito ang ipinangako sa inyo, (ito ay para) sa kanila na lagi nang nagbabalik-loob (kay Allah) sa taos na pagsisisi at nagpapanatili sa kanilang kasunduan kay Allah (sa pagsunod sa Kanya sa lahat ng Kanyang ipinag-utos at sumasamba lamang sa Kanya), 33. " Na nangangamba sa Pinakamapagbigay (Allah) sa Ghaib (Lingid) [alalaong baga, sa buhay sa mundong ito bago ang pagkikita at pakikipagtipan sa Kanya, at nag-aalay ng puso na sagana sa debosyon (sa Kanya)]". 34. " Magsipasok kayo rito sa kapayapaan at kapanatagan; ito ang Araw ng Walang Hanggang Buhay!" 35. Matatamasa nila rito ang lahat nilang ninanais, at mayroon pang ibang nakalaan na nasa Amin.

36. Ngunit ilan na bang mga lahi ang winasak Namin nang una pa rito (dahilan sa kanilang kabuktutan), na higit na malakas sa kapangyarihan sa kanila? (At nang ang Kaparusahan ay dumatal), sila ay nagsipamayagpag sa kalupaan (upang maghanap ng kanlungan)! Makakatagpo ba sila ng anumang pook ng kanlungan (upang iligtas ang kanilang sarili sa pagkawasak)? 37. Katotohanang naririto ang isang tiyak na Paala-ala sa sinuman na may puso at pang-unawa o siya na dumirinig at isang saksi.

38. Katotohanang nilikha Namin ang kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito sa anim na araw, at walang anumang pagkapagal ang nakapanaig sa Amin? 39. Kaya't iyong pagtiisan (O Muhammad) ang lahat nilang sinasabi, at ipagbunyi mo ang mga pagpupuri sa iyong Panginoon, bago dumatal ang pagbubukang liwayway at

bago kumagat ang dilim (alalaong baga, ang pang-umaga, pangtanghali at panghapong panalangin - Fajr, Dhuhur at Asr). 40. At (gayundin) sa mga bahagi ng gabi, ipagbunyi ang Kanyang mga papuri (alalaong baga, ang pangtakipsilim at panggabing panalangin – Maghrib at Isha), (at gayundin naman) pagkatapos ng pagpapatirapa (sa pananalangin), [katulad halimbawa ng pagdalit ng isang daang beses ng Subhan Allah, Alhamdu lillah, Allahu Akbar].

41. At pakinggan sa Araw (na yaon) kung ang Tagatawag ay tumawag na sa isang pook na lubhang malapit. 42. Sa Araw na sila ay makakarinig ng (malakas) na Pagsambulat na (walang pagsala), at sa katotohanan (alalaong baga, ang paglabas ng mga tao sa kanilang libingan), ito ang Araw ng Muling Pagkabuhay. 43. Katotohanang Kami ang naggagawad ng Buhay at nagkakaloob ng Kamatayan; at sa Amin ang Huling Pagbabalik. 44. Sa Araw na ang Kalupaan ay malalansag (sa pagkabiyak), na hinahayaan sila na nagmamadali sa paglabas: ito ang takdang pagtitipon na lubhang magaan sa Amin.

45. Labis Naming nababatid ang kanilang sinasabi; at ikaw (O Muhammad) ay hindi (siyang) makakapagpasunod nang sapilitan sa kanila (upang manampalataya). Kaya't pagtagubilinan mo sila sa pamamagitan ng Qur'an na pangambahan nila ang Aking Babala!

Ang mga Hangin na Nagsisipangalat

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Sa pamamagitan (ng hangin) na nagkakalat ng alikabok.
2. At sa (mga ulap) na nag-aangat (at nagdadala) ng mabigat na timbang ng tubig; 3. At sa (mga barko) na umuusad ng madali at banayad; 4. At ang (mga anghel) na namamahagi (ng mga ikabubuhay, ulan at ibang mga biyaya) sa pag-uutos (ni Allah)- 5. Katotohanan, ang ipinangako sa inyo (alalaong baga, ang Muling Pagkabuhay at ang pagtanggap ng gantimpala o kaparusahan sa mabuti o masamang gawa) ay katiyakang tunay. 6. At walang pagsala, ang Kabayaran (kahatulan sa katarungan) ay katotohanang magaganap. Sa pamamagitan ng alapaap (langit) na may maraming Landas. 7. Katotohanang kayo ay may magkakaibang pananaw (tungkol kay Muhammad at sa Qur'an). 8. Siya kaya na tumalikod dito (alalaong baga, kay Muhammad at sa Qur'an) ay siya kaya na natalikod (sa pamamagitan ng Pag-uutos at Takdang Kahihinatnan ni Allah). 9. Sumpain ang mga mapaggawa ng kabulaanan.

10. Sila na nasa ilalim ng lambong ng kawalang pakikinig at pagsunod (na nagwawalang bahala sa kahalagahan ng Kabilang Buhay). 11. Sila ay nagtatanong; "Kailan nga ba ang Araw ng Kabayaran (Paghuhukom sa Katarungan)?" 12. (Ito ang) Araw na sila ay isusugba (at susubukan) sa Apoy! 13. "Lasapin ninyo ang inyong pagsubok (pagkasunog)! Ito

ang inyong itinatanong na madaliin!” 14· Katotohanan, ang Muttaqun (mga matutuwid, matimtimang tao na umiiwas sa lahat ng mga ipinagbabawal at sumusunod sa lahat ng mga ipinag-uutos ni Allah), sila ay magigitna sa Halamanan at Batisan (sa Paraiso). 15· Na nagtatamasa ng kasiyahan sa mga bagay na iginawad ng kanilang Panginoon. Katotohanang noong una pa rito, sila ay naging Muhsinun (mga mapaggawa ng mga kabutihan at katuwiran). 16· Sila ay nahirati nang matulog ng maigsi lamang sa oras nang gabi (na naninikluhod sa kanilang Panginoon {Allah} at nananalangin ng may pangangamba at pag-asa). 17· At sa mga oras ng bukang liwayway, sila ay (natagpuan) na nagsisipanalangin ng kapatawaran (kay Allah), 18· At sa kanilang kayamanan ay mayroon dapat na ibahagi sa mga pulubi at sa Mahrum (mga naghihikahos na hindi nanglilimos sa iba). 19· At sa Kalupaan ay naririto ang mga Tanda sa mga may Pananalig na may katiyakan.

20· At gayundin sa inyong mga sarili. Hindi baga ninyo nakikita? 21· At sa kalangitan ay naroroon ang inyong biyaya, na sa inyo ay ipinangako. 22· Kaya’t sa pamamagitan ng Panginoon ng kalangitan at kalupaan, ito ang tunay na Katotohanan (alalaong baga, ang ipinangako sa inyo), at gayundin ang katunayan na kayo ay makakapangusap sa isa’t isa ng may katalinuhan. 23· Nakarating na ba sa iyo ang kasaysayan ng marangal na Panauhin ni Abraham (ang tatlong anghel; si Gabriel at dalawang iba pa)?

24· Pagmasdan, nang sila (mga anghel) ay magsitambad sa kanyang harapan at nagsabi: “Kapayapaan!” Siya (Abraham) ay pumakli: “Kapayapaan!, at nagsabi: “Kayo ay mga tao na hindi ko kakilala.” 25· At siya ay maligsing bumaling sa

kanyang kasambahay, at siya ay naglabas ng isang litsong baka (ang karamihan ng ari-arian ni Abraham ay mga baka). 26. At inilatag (inihain) niya ito sa kanilang harapan at nagsabi: " Hindi ba kayo kakain? " 27. (At nang sila ay hindi kumain), siya ay nakadama ng pagkatakot sa kanila. Sila ay nagbadya: " Huwag kang matakot.", (nang mapuna ng mga anghel ang pangamba sa mukha ni Abraham, sila ay nagpakilala na sila ay mga Tagapagbalita ni Allah), at sila ay nagbigay sa kanya ng masayang balita (nang pagdatal) ng isang anak na lalaki (Isaac) na may karunungan (tungkol kay Allah at sa Kanyang Kaisahan, sa Kanyang Relihiyon at Islam). 28. Datapuwa't ang kanyang asawa ay lumapit sa kanila na nag-iingay; na tumatampal sa kanyang mukha, at nagsabi: "(Ako) ay isang baog at matandang babae!" (alalaong baga, paano siya [Sarah] magkakaanak gayong siya ay humigit-kumulang na sa 99 taon). 29. Sila (mga anghel) ay nagturing: "Kahit na, ang wika ng iyong Panginoon. Katotohanang Siya ay Tigib ng Karunungan, ang Puspos ng Kaalaman." 30. (Si Abraham) ay nagsabi: "Kung gayon, O kayong mga Sugo, ano ang inyong layunin sa inyong pagparito?

31. Sila ay nagturing: "Kami ay isinugo sa mga tao na Mujrimun (mga nakalubog sa kasalanan, buktot, tampalasan, walang pananalig kay Allah, kriminal, atbp.); 32. Upang ihatid sa kanila, (ang ulan) ng mga batong putik. 33. Na itinakda ng iyong Panginoon sa Musrifun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, nagmamalabis sa pagsuway sa lahat ng hangganan, makasalanan, atbp.)." 34. Kaya't Aming inilikas ang mga nananampalataya na naroroon. 35. Ngunit wala Kaming natagpuan doon na anumang

sambahayang Muslim maliban sa isa (alalaong baga, si Lut at ang kanyang dalawang anak na babae). 36· At nag-iwan Kami roon ng isang Tanda (alalaong baga, ang pook ng Patay na Dagat [Dead Sea] na bantog sa Palestina), sa mga may pangangamba sa Kasakit-sakit na Kaparusahan. 37· At kay Moises din (ay may isang Tanda). Pagmasdan, nang isinugo Namin siya kay Paraon na may lantad na kapamahalaan.

38· Datapuwa't (si Paraon) ay tumalikod (sa pananampalataya ng may karahasan) na kasama ang kanyang mga kabig, at nagsabi: "Isang manggagaway, isang inaalihan (ng demonyo)!" 39· Kaya't Aming sinukol siya at ang kanyang mga kabig, at sila ay inihagis Namin sa dagat, habang nasa kanya ang bunton ng paninisi. 40· At kay A'ad (ay mayroon ding isang Tanda): Pagmasdan, nang Aming ipinadala laban sa kanila ang mapaminsalang Hangin; 41· Ito (ang Hangin) ay hindi nag-iwan ng anuman sa landas na kanyang tinahak maliban sa pagkasira at pagkabulok. 42· At kay Thamud (ay mayroon ding isang Tanda): Pagmasdan, sila ay pinagsabihan: "Pansamantala kayong magpakasaya sa inyong sarili!" 43· Datapuwa't sila ay tandisang tumutol sa pag-uutos ng kanilang Panginoon, kaya't ang Sa'iqa (ang mapaminsalang hiyaw, kaparusahan, nag-aapoy na kidlat, atbp.) ay lumukob sa kanila habang sila ay nagmamasid. 44· At hindi nila nakuhang makatindig sa kanilang sarili, gayundin ay hindi nila matulungan ang kanilang sarili. 45· (At gayundin naman) ang mga tao ni Noe na una pa sa kanila. Katotohanang sila ay mga tao na Fasiqun (mapaghimagsik, palasuway kay Allah, buktot, buhong). 46· Aming itinayo ang Kalangitan (sa kaitaasan) ng

may kapangyarihan. Katotohanang magagawa Namin na palawigin ang kalawakang yaon.

47. At Aming inilatag ang (maaliwalas) na kalupaan. Pagmasdan kung paano Namin inilatag ito ng may kagalingan! 48. At sa bawat bagay ay lumikha Kami ng pares, upang inyong magunita (ang Biyaya ni Allah). 49. Kaya't pasaklolo kayo (sa Habag) ni Allah. Katotohanang ako (Muhammad) ay isang Tagapagbabala sa inyo mula sa Kanya. 50. At huwag ninyong ituring ang iba pang bagay (sa inyong pagsamba) na katambal ni Allah (Siya lamang ang luwalhatiin, higit Siyang Mataas sa lahat nang iniaakibat sa Kanya). Katotohanang ako (Muhammad) ay isang Tagapagbabala sa inyo mula sa Kanya. 51. Gayundin naman, walang sinumang Tagapagbalita ang dumatal sa kanilang pamayanan na hindi nila pinagwikaan maliban sa magkakatulad na bintang: "Isang manggagaway o isang inaalihan (ng demonyo)!"

52. Sila baga (na mga tao ng panahong sinauna) ay nagpamana ng palipat-lipat na salita sa kanila (na mga paganong Quraish)? Tunay nga, sila ang mga tao na lumabag sa pagsuway sa lahat ng hangganan (ng kawalang pananalig)! 53. Kaya't lumayo ka (O Muhammad) sa kanila (na paganong Quraish), ikaw ay hindi bibigyang sisi (sapagkat naipaabot mo ang Mensahe ni Allah). 54. Datapuwa't paalalahanan mo sila (O Muhammad) sa pamamagitan ng pangangaral (ng Qur'an), sapagkat katotohanan, ang pagpapaala-ala ay kapakinabangan sa mga sumasampalataya. 55. At hindi Ko nilikha ang mga Jinn at mga Tao maliban na tanging sambahin lamang Ako.

56. Hindi Ako naghahangad ng pagtataguyod mula sa kanila

(alalaong baga, ng ikabubuhay sa kanilang sarili o sa Aking mga nilalang), gayundin naman Ako ay hindi naghihingi sa kanila na Ako ay kanilang pakainin (alalaong baga, ang pakainin ang kanilang sarili o ang Aking mga nilalang). 57· Sapagkat katotohanang si Allah ang Tagapanustos ng Lahat, (Siya ang nagbibigay ng lahat ng ikinabubuhay), ang Panginoon ng Kapamahalaan, ang Pinakamakapangyarihan. 58· At katotohanang sa mga mapaggawa ng kamalian, ay mayroong isang bahagi ng kaparusahan na katulad ng masamang bahagi ng kaparusahan (na dumatal) sa kanilang mga kasamahan (ng sinaunang lahi), kaya't huwag nilang hilingin sa Akin na madaliin Ko (ang gayong bahagi)! 59· Kung gayon, kasawian sa mga hindi sumasampalataya (kay Allah at sa Kanyang Kaisahan; sa Islam) sa takdang Araw na laan para sa kanila, na sa kanila ay ipinangako!

Surah 52 • At-Tur

Ang Bundok

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1· Sa pamamagitan ng Bundok (ng kapahayagan); 2· At sa pamamagitan ng isang Aklat na nakatitik, 3· Sa kalatas (dahon) na nakalantad; 4· Sa pamamagitan ng Bait-ul-Mamur (ang Tahanan sa ibabaw ng kalangitan na laging dinadalaw ng mga anghel); 5· At sa pamamagitan ng Kulandong na itinayo ng mataas (alalaong baga ang langit); 6· At sa pamamagitan ng karagatan na umaapaw (o ito ay magiging apoy na

sisindihan sa Araw ng Muling Pagkabuhay). 7· Katotohanan, ang kaparusahan ng inyong Panginoon ay walang pagsalang daratal, 8· Walang sinuman ang makakahadlang dito; 9· Sa Araw na ang suson-susong kalangitan ay makakalog sa matinding pagkauga, 10· At ang kabundukan ay matitinag sa isang (kagimbal-gimbal) na pagkilos. 11· Kaya't kasawian sa Araw na yaon sa mga nagpapabulaan (sa katotohanan); 12· Na naglalaro ng kasinungalingan (ganap na abala sa kawalan ng pananalig at paggawa ng kasamaan sa mundong ito na siyang mga pagsubok sa sangkatauhan at nagwawalang bahala sa walang hanggang kasasapitan [alalaong baga, kaparusahan sa Apoy ng Impiyerno]). 13· Sa Araw na sila ay ihahagis sa kailaliman ng Apoy na hindi masasawata. 14· (At sa kanila ay ipagbabadya): " Ito ang Apoy na inyong itinatwa!" 15· "Ito baga ay isang salamangka, o kayo ay hindi nakakakita? " 16· "Inyong lasapin dito ang init, at kahit na kayo ay matiisin sa ganito o hindi matiisin sa ganito, itong lahat ay magkakatulad. Kayo ay tumanggap lamang ng kabayaran sa inyong mga gawa."

17· Katotohanan, ang Muttaqun (mga matutuwid at matimtimang tao na lubhang nangangamba kay Allah at umiiwas sa lahat ng kasalanan, at lubhang nagmamahal kay Allah at nagsasagawa ng lahat ng kabutihan at gumaganap sa mga ipinag-uutos ni Allah), ay mapapasa-Halamanan (ng Paraiso) at Sukdol na Kaligayahan. 18· Na nagtatamasa ng kasiyahan na ipinagkaloob sa kanila ng kanilang Panginoon; at (sa katunayan) na ang kanilang Panginoon ang nagligtas sa kanila sa kaparusahan ng Naglalagablab na Apoy. 19· (At sa kanila ay ipagtuturing): "Kumain kayo at uminom ng may kasiyahan dahilan sa inyong mabubuting

gawa." 20. Sila ay magsisihilig (ng may kaginhawahan) sa mga diban na inayos sa maraming bilang; at Aming ikakasal sila sa mga Houris (magagandang dalaga), na nag-aangkin ng magaganda, mabibilog at maningning na mga mata.

21. At sila na sumasampalataya na ang kanilang anak (pamilya) ay sumunod sa kanilang Pananalig, sa kanila ay Aming ipipisan ang kanilang anak (pamilya), at hindi Namin ipagkakait sa kanila (ang bunga) ng kanilang mga gawa. Ang bawat tao (kaluluwa) ay sanla sa bagay na kanyang kinita. 22. At ipagkakaloob Namin sa kanila ang bungangkahoy at karne, sa anumang kanilang maibigan. 23. Dito sila ay magpapalitan sa bawat isa ng kopita (ng alak) na walang bahid ng kahangalan at malinis sa kasalanan (sapagkat pinahihintulutan na rito ang pag-inom [ng alak]). 24. At sa paligid nila ay nagsisilbi ang mga matimtimang lalaki (na may angking kabataan at kakisigan), na tila ba mga perlas na napapangalagaan. 25. At ang ilan sa kanila ay lalapit sa iba na nagtatanong, 26. At nagsasabi: "Noong panahong yaon, kami ay nangangamba sa kapakanan ng aming mga kaanak at kaibigan (sa kaparusahan ni Allah). 27. Datapuwa't si Allah ay naging mapagbigay sa atin, at Kanyang iniligtas tayo sa kaparusahan ng Naglalagablab na Apoy. 28. Katotohanang kami ay nagsisitawag (lamang) sa Kanya (at wala ng iba) noon pa mang una. Katotohanang Siya ang Al-Barr (ang Pinakamabanayad, ang Pinakamabait, ang Pinakamapitagan, ang Pinakamapagbigay), ang Pinakamaawain!

29. Kaya't pagtagubilinan at pangaralan mo (O Muhammad ang sangkatauhan tungkol sa Islam at Kaisahan ni Allah). Sa pamamagitan ng Biyaya ni Allah, ikaw ay hindi isang

manghuhula, o isang inaalihan (ng demonyo). 30. O sila baga ay nagsasabi : "(Si Muhammad) ay isang makata! Kami ay naghihintay para sa kaniya ng mga kapinsalaan (sa tangkay) ng panahon!" 31. Ipagbadya mo (O Muhammad) sa kanila: "Magsipaghintay kayo! Ako rin ay naghihintay na kasabay ninyo!" 32. Ang kanila bagang isipan ay nag-uutos ng ganito (alalaong baga, na sila ay magsabi ng kasinungalingan laban sa iyo [O Muhammad]), o sila baga ay mga tao na lumagpas sa lahat ng hangganan (alalaong baga, mula sa pananalig kay Allah tungo sa kawalan ng pananalig). 33. O sila baga ay nagsasabi: "Siya (Muhammad) ay nanghuwad nito (ang Qur'an)." Hindi! Sila ay hindi nananalig! 34. Hayaan sila na gumawa ng pagdalit (pagbigkas) na katulad nito (Al Qur'an), kung sila ay nagsasabi ng katotohanan!

35. Sila baga'y nilikha mula sa wala? O sila baga sa kanilang sarili ang manlilikha? 36. O sila baga ang lumikha ng kalangitan at kalupaan? Hindi, sila ay walang matatag na pananalig. 37. O nasa kanila ba ang mga Kayamanan ng iyong Panginoon? O sila ba ang mga pinunong mapaniil na may kapamahalaan na gawin ang kanilang naisin? 38. O mayroon ba silang hagdanan na sa pamamagitan nito (ay makakapanhik sila sa kalangitan) upang mapakinggan (ang pag-uusap ng mga anghel)? Kung gayon, hayaaan ang kanilang tagapakinig ay magpakita ng lantad na katibayan. 39. O Siya (Allah) ba ay mayroon lamang mga anak (na babae), at kayo ay mayroon mga anak (na lalaki)?

40. O ikaw ba (O Muhammad) ay nanghihingi ng gantimpala mula sa kanila (sa pangangaral ng Kaisahan ni Allah at Islam), upang sila ay mabigatan sa pasanin ng pagkakautang? 41. O ang kapamahalaan ba ng Al Ghaib

(mga nalilingid) ay nasa kanilang kamay at isinusulat nila ito? 42. O sila ba ay nagbabalak ng pakana (laban sa iyo, O Muhammad)? Subalit sila na hindi sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam), sila sa kanilang sarili ang makukupot sa ganitong pakana. 43. O sila ba ay may iba pang diyos bukod pa kay Allah? Higit na Maluwalhati si Allah sa lahat ng mga bagay na iniaakibat nila bilang katambal (sa Kanya)!

44. At kung sila ay makakita ng piraso ng kalangitan na nahuhulog, sila ay magsasabi: "Mga bunton lamang ng ulap na natipon!" 45. Kaya't hayaan silang mag-isa hanggang sa kanilang makaharap ang Araw na sila ay manggigipuspos (na may pagkalagim). 46. Sa Araw na ang kanilang pakana ay walang buti na maidudulot sa kanila kahit na anuman, gayundin sila ay hindi matutulungan (alalaong baga, kanilang tatanggapin ang kanilang kaparusahan sa Impiyerno). 47. At katotohanang sa mga gumagawa ng kamalian ay mayroon pang ibang kaparusahan (alalaong baga, ang kaparusahan sa mundong ito at sa kanilang libingan), bago pa rito, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay walang kaalaman. 48. Kaya't ikaw (O Muhammad) ay maghintay ng may pagtitiyaga sa Pasya ng iyong Panginoon sapagkat katotohanang ikaw ay nasa pangangalaga ng Aming mga Mata, at ipagbunyi mo ang mga papuri ng iyong Panginoon kung ikaw ay magbangon mula sa pagkakatulog. 49. At sa bahagi ng gabi ay ipagbunyi mo ang mga papuri sa Kanya at sa (oras) nang paglubog ng mga bituin!

Ang Bituin

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Sa pamamagitan ng Bituin kung ito ay lumulubog (o naglalaho), 2. Ang inyong kasama (Muhammad) ay hindi naligaw ng landas, gayundin ay hindi nagkamali. 3. At hindi rin siya nagsasabi (ng anuman) ng ayon (sa kanyang) kagustuhan. 4. Ito ay isa lamang Inspirasyon (Kapahayagan) na ipinahayag sa kanya; 5. Siya ay tinuruan (ng Qur'an) ni (Gabriel) na Mataas sa Kapangyarihan, 6. Dhu Mirrah (ligtas sa lahat ng kapintasan sa katawan at isipan), Fastawa , na ginawaran ng karunungan, sapagkat siya (Gabriel) ay tumambad (na kapita-pitagan), 7. Habang siya ay nasa pinakamataas na bahagi ng santinakpan (kawalang hanggan); 8. At siya (Gabriel) ay dumating at lumapit, 9. Na ang layo lamang ay (tulad) ng pagitan ng dalawang binit ng pana (o higit pang malapit); 10. Kaya't (si Allah) ay nagparating ng kapahayagan sa Kanyang Alipin (na si Muhammad sa pamamagitan ni Gabriel). 11. At ang puso (at isipan) ng (Propeta) ay hindi kailanman nagpasinungaling sa kanyang nakita. 12. Kayo baga ay makikipagtalo sa kanya (Muhammad) hinggil sa kanyang nakita (sa sandali ng Mi'raj, ang pagpanhik ng Propeta sa ibabaw ng pitong kalangitan)? 13. Sapagkat katotohanang kanyang (Muhammad) nakita siya (Gabriel) sa pangalawang antas ng pag-akyat (alalaong baga, sa ibang oras), 14. Sa tabi ng Sidrat-ul-Muntaha (ang

punong Lote ng kawalang hanggan, na walang sinuman, pagkalagpas ng kawalang hanggan ang makakaraan). 15. Na sa tabi nito ay Tirahan ng Halamanan (Paraiso). 16. Pagmasdan, ang punong Lote ay nalalambungan ng ano (bagang) mga lambong! 17. Ang paningin (ni Propeta Muhammad) ay hindi lumihis (sa kanan o sa kaliwa), at hindi rin lumagpas sa hangganan (na itinagubilin sa kanya)! 18. Sapagkat katotohanan na kanyang (Muhammad) namasdan ang mga Dakilang Tanda ng kanyang Panginoon (Allah).

19. Nakita na ba ninyo si Lat at Uzza (dalawang diyus-diyosan ng mga paganong Arabo), 20. At si Manat (ang iba pang diyus-diyosan ng mga paganong Arabo), ang pangatlo? 21. Ano! Sa inyo ba ang mga lalaki at sa Kanya ang mga babae? 22. Pagmasdan, katiyakang ito ay hindi makatarungan na pagbabaha-bahagi! 23. Ito ay wala ng iba kung hindi mga pangalan lamang na inyong ipinangalan, - kayo at ng inyong mga ninuno, - na rito ay hindi nagpapanaog si Allah ng anumang kapamahalaan. Sila ay walang sinusunod maliban lamang sa haka-haka at sa ninanais ng kanilang sarili (kaluluwa), kahit na katiyakang dumatal sa kanila ang Patnubay mula sa kanilang Panginoon! 24. O ang tao kaya ay magtatamo kung ano ang kanyang ninanais? 25. Datapuwa't si Allah ang nagmamay-ari ng huli (ang Kabilang Buhay) at una (Unang Buhay sa mundong ito).

26. At maraming anghel sa kalangitan na ang (kanilang) pamamagitan (kay Allah at sa mga tao) ay walang matatamo malibang pahintulutan ni Allah sa sinumang Kanyang maibigan at kinalulugdan. 27. Katotohanang sila na hindi sumasampalataya sa Kabilang Buhay ay nagpapangalan sa

mga anghel ng mga pangalang babae. 28. Samantalang sila ay walang kaalaman dito. Sila ay sumusunod lamang sa wala maliban sa haka-haka, at tunay ngang ang haka-haka ay hindi makakapanaig sa Katotohanan. 29. Kaya't iyong talikdan (O Muhammad) siya na tumatalikod sa Aming Paala-ala (ang Qur'an), at walang ibang hinahangad maliban sa buhay sa mundong ito. 30. Ito lamang ang hangganan ng kanilang karunungan. Katotohanan, ang iyong Panginoon ang tunay na nakakaalam sa kanya na naliligaw sa Kanyang Landas, at ganap Niyang talastas siya na tumatanggap ng patnubay.

31. Tunay ngang si Allah ang nag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at nasa kalupaan, upang Kanyang mabayaran sila na gumagawa ng kasamaan ng ayon sa kanilang ginawa (alalaong baga, ang parusahan sila sa Impiyerno), at magantimpalaan Niya ang mga gumagawa ng kabutihan sa pinakamainam (alalaong baga, sa Paraiso). 32. Sila na umiiwas sa mabibigat na kasalanan at Al-Fawahish (bawal na pakikipagtalik, gawaing malalaswa, atbp.), maliban sa maliliit na pagkakamali, katotohanang ang inyong Panginoon ay Tigib ng Pagpapatawad. Kayo ay ganap Niyang talastas nang kayo ay Kanyang nilikha sa kalupaan, at nang kayo ay nakatago pa sa sinapupunan ng inyong ina. Kaya't huwag ninyong pananganan ang inyong sarili na dalisay. Ganap Niyang batid siya na may pangangamba kay Allah at nagpapanatili ng kanyang tungkulin sa Kanya.

33. Napagmamasdan mo ba (O Muhammad) siya na tumatalikod (sa Islam)? 34. Na nagbibigay ng karampot at nagmamatigas (sa kanyang puso)? 35. Ano! Mayroon ba siyang kaalaman ng mga nalilingid upang kanyang

mamalas? 36· Hindi ba niya batid kung ano ang nasa dahon (ng Kasulatan) ni Moises, 37· At ni Abraham na tumupad (at nagparating) ng lahat (ng mga ipinag-utos ni Allah sa kanya), 38· Na nagtatagubilin na walang sinuman na nagdadala ng pasanin (ng kanyang kasalanan) ang maaaring magdala ng pasanin ng iba (kasalanan ng iba), 39· Na ang tao ay walang mapapakinabang maliban lamang sa kanyang pinagsusumikapan (na mabuti o masama); 40· At ang (bunga) ng kanyang pagsisikap (mga gawa) ay malalantad, 41· Kaya't siya ay gagantihan ng ganap sa pinakamainam na kabayaran, 42· At sa iyong Panginoon (Allah) ang Huling Hantungan (ang pagbabalik ng lahat). 43· At Siya (Allah) ang nagkakaloob (sa sinumang Kanyang maibigan) ng halakhak at nagkakaloob (sa sinumang Kanyang maibigan) ng luha; 44· At Siya (Allah) ang nagpapapangyari (naggagawad) ng kamatayan at buhay; 45· At Siya (Allah) ang lumilikha ng pares, - lalaki at babae, 46· Mula sa Nutfah (mga patak ng semilya ng lalaki at babae) na inilagay (sa sinapupunan); 47· At ipinangako Niya (Allah) ang muling paglikha (ang pagkabuhay ng patay sa Araw ng Pagbangon); 48· At Siya (Allah) ang nagbibigay ng sagana o karampot (o nagbibigay ng kayamanan at kasiyahan); 49· At Siya (Allah) ang Panginoon ni Sirius (ang malaking bituin na sinasamba ng mga paganong Arabo); 50· At Siya (Allah) ang nagwasak (sa makapangyarihang) pamayanan ni A'ad ng panahong sinauna, 51· At ni Thamud, at nilipol Niya ang kanilang lahi. 52· At ang lahi ni Noe noong panahong sinauna, sapagkat katotohanang sila ay hindi makatarungan at mapaghimagsik at ang karamihan sa kanila ay lantarang sumusuway (kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalitang si Noe). 53· At Kanyang winasak ang isinumpang lungsod

(ng Sodom at Gomorrah na pinagsuguan kay Lut). 54· At (Kanyang) tinabunan ito ng panabon (alalaong baga, ng kaparusahan ng pinaulan na bato). 55· Kaya't alin sa mga biyaya ng iyong Panginoon (O Tao!) ang iyong pag-aalinlanganan?

56· Siya (Muhammad) ay isang tagapagbabala (Tagapagbalita), sa mga kawing ng mga tagapagbabala (mga Tagapagbalita) noon pang panahong lumipas! 57· Ang (sandali) ng Araw ng Muling Pagkabuhay ay papalapit na, 58· Wala ng iba pa maliban kay Allah ang makakahadlang dito (o makakapagpauna rito o makakaantala rito). 59· Kayo baga ay nagsisipamangha sa ganitong Pagdalit (ng Qur'an)? 60· At kayo ay tumatawa rito at hindi nananangis, 61· Na nag-aaksaya ng inyong (mahalagang) panahon sa mga makalupang pampalipas oras at pagsasaya (pagkanta, pagsayaw, atbp.). 62· At manikluhod kayo na nagpapatirapa kay Allah at sambahin lamang Siya (at papurihan).

Surah 54 • Al-Qamar

Ang Buwan

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1· Ang Oras (ng Paghuhukom) ay papalapit na, at ang buwan ay nagbitak sa pagkakalansag (ang mga tao sa Makkah ay humiling kay Propeta Muhammad na magpamalas siya ng Himala, kaya't ipinakita niya sa kanila ang pagkabiyak ng buwan). 2· Datapuwa't kung sila

ay nakakamalas ng isang Tanda, sila ay tumatalikod at nagsasabi: “Ito ay pansamantalang salamangka lamang!” 3· Itinakwil nila (ang Babala, ang Qur’an) at sinunod nila ang kanilang sariling pagnanasa, datapuwa’t ang lahat ng bagay ay mayroong kanyang takdang oras (ayon sa uri ng kanyang mga gawa, para sa mga gumagawa ng kabutihan, ang kanyang gawa ay maghahatid sa kanya sa Paraiso at gayundin naman, ang masamang gawa ay maghahantong sa kanya sa Impiyerno). 4· At katotohanan na mayroong dumatal sa kanila na mga Tagubilin (ang Qur’an), na rito ay may (sapat na Babala) upang mapaalalahanan sila (sa kasamaan), 5· Na Hinog na Karunungan (ang Qur’an), datapuwa’t (ang pangaral) ng mga tagapagbabala ay hindi nagbigay sa kanila ng kapakinabangan. 6· Kaya’t sila ay layuan mo (O Muhammad). Sa Araw na ang Tagatawag ay tatawag (sa kanila) sa isang kasindak-sindak na pagtitipon, 7· Sila ay magsisilabas at tatambad mula sa kanilang libingan na ang kanilang mata ay nakatungo (sa ibaba) at (namamanhid) na katulad ng mga kulisap na nagsisipangalat. 8· Na nagmamadali, at ang kanilang mga mata ay nakamulagat patungo sa Tagatawag! Ang mga hindi sumasampalataya ay magsasabi: “Napakahirap ng Araw na ito!”

9· Noong panahong sinauna, ang pamayanan ni Noe ay nagtakwil (sa kanilang Tagapagbalita) at nagtatwa sa Aming alipin at nagsabi: “Narito ang isang inaalihan ng demonyo!” At siya ay walang pakundangan nilang sinalansang at itinaboy. 10· Kaya’t nanikluhod siya sa kanyang Panginoon (na nagsasabi): “Ako ay kanilang kinakayan-kayanan, kaya’t ako ay tulungan (Ninyo)!” 11· Kaya’t Aming ibinukas ang mga Tarangkahan ng Kalangitan na may mga tubig

na bumubuhos. 12. At Aming hinayaan ang kalupaan na madaluyan ng mga dalisdis, upang ang mga tubig (ng kalangitan at kalupaan) ay magpanagpo (at tumaas) sa layunin ng (Aming) pag-uutos. 13. At Aming isinakay sila sa isang (Arko o Barko) na gawa sa malalapad na tablang kahoy na pinatibay ng mga himaymay ng palmera at mga pako, 14. Na lumulutang sa ibabaw ng tubig sa pagsubaybay ng Aming mga Mata, bilang isang gantimpala sa kanya na itinakwil ng may pang-uupasala! 15. At katotohanang hinayaan Namin yaon na maiwan (sa kalupaan) bilang isang Tanda (sa lahat ng panahon); kung gayon, mayroon kayang sinuman ang makakaala-ala (o tatanggap ng tagubilin)? 16. (Pagmasdan) kung gaano (kalagim-lagim) ang Aking Kaparusahan at Aking mga Babala? 17. At katotohanang Aming ginawa ang Qur'an na madaling maunawaan at magunita, kung gayon, mayroon bagang sinuman ang makakaala-ala (o tatanggap ng tagubilin)?

18. Ang mga tribo ni A'ad ay nagpabulaan (sa katotohanan ng kanilang Propetang si Hud,), kaya't pagmasdan kung gaano kalagim-lagim ang Aking Kaparusahan at Aking mga Babala? 19. Katotohanang Aming ipinadala sa kanila ang magaspang na tunog ng humahagupit na Hangin, sa Araw ng kasindak-sindak na kasamaan at patuloy na kapinsalaan. 20. Na bumubunot sa mga tao, na wari bang sila ay mga ugat ng punong palmera na hinuhugot (mula sa lupa). 21. (Kaya't pagmasdan), kung gaano (kalagim-lagim) ang Aking Kaparusahan at Aking mga Babala? 22. At katotohanang ginawa Namin ang Qur'an na magaan at madaling maintindihan at maala-ala; kung gayon, mayroon bang sinuman ang makakaala-ala (o tatanggap ng tagubilin)?

23. (At gayundin naman), ang tribo ni Thamud ay nagpabulaan din sa mga Babala. 24. Sapagkat sila ay nagsasabi: "Ano! Isang tao! Na isa lamang mula sa ating lipon! Susundin ba namin ang katulad niya? Katotohanan, ang aming kaisipan ay mapapaligaw at kami ay nababaliw!" 25. Ang Tagubilin ba ay tanging ibinigay lamang sa kanya (sa dinami-dami namin)? Tunay nga, siya ay sinungaling, isang walang galang! 26. Ah! Mapag-aalaman nila sa kinabukasan, kung sino ang sinungaling at walang galang! 27. Sapagkat katotohanang ipapadala Namin sa kanila ang babaeng kamelyo bilang isang pagsubok sa kanila. Kaya't pagmasdan mo sila (O Saleh) at papanaigin mo sa iyong sarili ang pagtitiyaga! 28. At ipaalam mo sa kanila na ang tubig ay hahatiin sa pagitan (ng babaeng kamelyo) at nila. Ang bawat isa ay may karapatan na uminom at ang bawat pag-inom ay minamatyagan. 29. Datapuwa't tinawag nila ang kanilang kasamahan at bumunot siya ng (isang espada) at inulos siya (babaeng kamelyo). 30. Ah! Kung gayon, gaano (kalagim-lagim) ang Aking Kaparusahan at Aking mga Babala? 31. Katotohanang ipinadala Namin sa kanila ang isang Matinding Pagsabog at sila ay natulad sa mga tuyong sanga (at sungot) ng puno na ginagamit bilang pambakod sa kulungan ng hayop. 32. At katotohanan na ginawa Namin na magaan ang Qur'an upang maunawaan at maala-ala. Kaya't mayroon bang sinuman ang makakaala-ala (o tatanggap ng tagubilin)?

33. Ang pamayanan ni Lut ay nagpabulaan sa mga Babala. 34. Pagmasdan! Katotohanang ipinadala Namin sa kanila ang nagngangalit na Unos ng umuulang bato (na nagwasak sa kanilang lahat), maliban sa mga kasambahay

ni Lut, na Aming iniligtas sa pagdatal ng bukang liwayway. 35· Bilang isang Biyaya mula sa Amin; sa gayon Namin ginagantimpalaan ang mga nagbibigay sa Amin ng pasasalamat (sa pamamagitan ng pagsunod sa Amin). 36· At katotohanang (si Lut) ay nagbabala sa kanila ng Aming Pagsukol (kaparusahan), datapuwa't sila ay nag-aalinlangan sa mga Babala! 37· At katotohanang sila ay nagnais na hiyain ang kanyang panauhin (sa pamamagitan ng pagsasabi nila na makipagtalik sa kanyang (Lut) mga bisita), datapuwa't binulag Namin ang kanilang mga mata, (at Kami ay nagwika): "Lasapin ninyo ngayon ang Aking Kaparusahan at Aking mga Babala!" 38· At katotohanang nang kinaumagahan, ang walang maliw na Kaparusahan ay sumakmal sa kanila. 39· "Kaya't inyong lasapin ang Aking Kaparusahan at Aking mga Babala." 40· At katotohanang ginawa Namin ang Qur'an na magaan upang maunawaan at maala-ala, kaya't mayroon ba kayang sinuman ang makakaala-ala (o tatanggap ng tagubilin)?

41· At katotohanan, ang mga Babala ay dumatal sa mga tao ni Paraon (sa pamamagitan ni Moises at Aaron), 42· (Ang mga tao) ay nagpabulaan sa lahat ng Aming mga Tanda, kaya't Aming sinakmal sila ng Kaparusahan na nagmula sa Isang Kataas-taasan sa Kapangyarihan, na nakakapagpatupad ng Kanyang kautusan (walang Hanggang Kapangyarihan).

43· Ang iyo bang mga tao na walang pananampalataya (O Quraish!) ay higit na mabuti kaysa kanila (mga pamayanan ni Noe, Lut, Salih at mga tao ni Paraon, atbp. na mga winasak)? O sila ba ay ligtas at hindi napapailalim (laban sa Aming Kaparusahan) sa mga Banal na Kasulatan? 44· O sila ba ay nagsasabi: "Kami ay marami sa bilang at kami ay

makakapagtanggol ng aming sarili at magtatagumpay”? 45· Hindi magtatagal, ang karamihan sa kanila ay malalagay sa pagtakas, at sila ay tatalilis. 46· Tunay nga! Ang Oras (ng Paghuhukom) ay ang Sandali na ipinangako sa kanila (para sa kanilang lubos na kabayaran), at ang Oras na yaon ang Pinakamasakit at Pinakamasaklap. 47· Katotohanan, ang Mujrimun (mga makasalanan, mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig, kriminal, atbp.) ay nasa kamalian (sa mundong ito) at masusunog (sa Impiyerno sa Kabilang Buhay). 48· Sa Araw na sila ay hihilahin sa Apoy at ang kanilang mukha ay isusugba sa Apoy (at sa kanila ay ipagsusulit:) “Lasapin ninyo at damhin ang Impiyerno!”

49· Katotohanang Aming nilikha ang lahat ng bagay sa Qadar (hustong anyo at ganap na sukat, isang maka-Diyos na Pagtatakda [pag-uutos] ng lahat ng bagay bago pa ang paglikha sa kanila na katulad nang nakasulat sa Aklat ng mga Pag-uutos – Al Lauh Al Mahfuz). 50· At ang Aming Pag-uutos ay isa lamang, na katulad ng (isang) kurap ng mata. 51· At katotohanang (sa panahong sinauna) ay Aming winasak ang mga pangkat na katulad nila, kaya’t mayroon bang sinuman ang makakaala-ala (at tatanggap ng tagubilin)? 52· At ang lahat at bawat isa na kanilang ginawa ay nakatala sa (kanilang) mga Aklat (ng Gawa). 53· At ang lahat ng mga bagay, maliit man at malaki ay nakatala (sa Al Lauh Al Mahfuz noon pa man, bago pa ito mangyari). [Tunghayan ang Qur’an 57:22). 54· Katotohanan, ang Muttaqun (mga matutuwid at matimtimang tao na umiiwas sa lahat ng kasamaan na Kanyang ipinagbabawal at nagmamahal ng labis kay Allah sa pamamagitan ng paggawa ng mga kabutihan at pagsunod sa lahat ng Kanyang ipinag-uutos),

sila ay mananahan sa gitna ng Halamanan at mga Ilog (Paraiso). 55. Na matatag na nagkakatipon sa Katotohanan (alalaong baga, ang Paraiso), na malapit sa paningin ng Isang Hari na Walang Hanggan sa Kapangyarihan (Allah, ang Pinagpala, ang Kataas-taasan, ang nag-aangkin ng Kamahalan at Karangalan)!

Surah 55 • Ar-Rahman

Ang Pinakamahabagin

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. (Si Allah) ang Pinakamahabagin! 2. Siya na nagturo (sa inyo O Sangkatauhan) ng Qur'an (sa pamamagitan ng Kanyang Habag). 3. Siya na lumikha sa tao. 4. Siya na nagturo sa kanya ng maindayog na pananalita. 5. Ang araw at buwan ay tumatakbo (sumusunod) sa kanilang takdang landas (ng buong katumpakan sa oras at sukat). 6. Ang mga bituin at mga punongkahoy ay kapwa nagpapatirapa sa pagpupuri. 7. At ang kalangitan ay Kanyang itinaas nang matayog, at Kanyang itinakda ang Timbangan (ng katarungan). 8. Upang kayo ay hindi magmalabis sa hangganan (at sukat). 9. Kaya't panatilihin ninyo ang bigat ng may katarungan at huwag ninyong bayaan ang timbangan na magkulang.

10. At Siya ang naglatag ng kalupaan para sa kanyang mga nilikha. 11. Na naririto ang mga bungangkahoy at mga palmera (datiles) na namumunga sa maraming buwig. 12. At gayundin ang mais, ang (kanyang) dahon at tangkay

ay bilang pagkain ng mga hayop, at mababangong halaman (herba). 13· Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 14· Nilikha Niya ang tao (Adan) mula sa malambot na putik na tulad (ng gamit) sa palayukan. 15· At nilikha Niya ang mga Jinn mula sa apoy na walang usok. 16· Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 17· (Siya ang) Panginoon ng dalawang Silangan (ang lugar ng pagsikat ng araw sa panahon ng Tag-init at Taglamig), at Panginoon ng dalawang Kanluran (ang lugar ng paglubog ng araw sa panahon ng Tag-init at Taglamig). 18· Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 19· Hinayaan Niya na maging malaya ang dalawang bahagi ng dagat (ang maalat at matabang na tubig); na huwag magkatagpo. 20· Na sa pagitan nila ay may isang sagka at sila ay hindi magsasanib (sa isa't isa). 21· Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 22· Na rito (sa dagat) ay nagmumula ang mga perlas at batong bulaklak. 23· Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 24· At nasa Kanyang (pag-aaruga) ang mga barko na naglalayag nang mabilis sa karagatan, na matayog na tulad ng mga bundok. 25· Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)?

26· Ang lahat ng anupamang nasa kalupaan ay maglalaho. 27· Datapuwa't mananatili (magpakailanman) ang Mukha ng iyong Panginoon na Tigib ng Kaluwalhatian, Kasaganaan at Karangalan. 28· Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 29·

Ang bawat nilalang dito sa kalangitan at kalupaan ay sa Kanya humahanap ng kanilang pangangailangan. At sa araw-araw, Siya ang nagpapatupad (ng pansantinakpang) kapangyarihan (katulad ng pagbibigay ng karangalan sa ilan, kahihiyan sa iba, buhay sa ilan, kamatayan sa iba, atbp.)! 30. Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)?

31. Hindi maglalaon ay Aming igagawad (ang inyong kahihinatnan), O kayong dalawang uri ng nilalang (mga Jinn at Tao)! 32. Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 33. O kayong kalipunan ng mga Jinn at Tao! Kung kayo ay may kapangyarihan upang sulasugin ang mga hangganan (at lahat ng sulok) ng kalangitan at kalupaan, kung gayon ay inyong sulasugin! Datapuwa't hindi kayo makakatawid doon malibang Aming (Allah) pahintulutan! 34. Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 35. At sa inyong dalawa (mga Jinn at Tao) ay ipapadala (sa inyong masasama) ang walang usok na lagablab ng apoy (upang tumupok) at ng (lusaw) na tanso, at kayo ay hindi makakapananggalang sa inyong sarili. 36. Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)?

37. At kung ang kalangitan ay mahati sa pagkapunit, at yaon ay maging pula na tila pamahid (na tunaw). 38. Kaya't alin sa mga kaloob na ito ang inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 39. Sa Araw na yaon, ang Tao maging ang Jinn ay hindi tatanungin sa kanyang kasalanan (sapagkat ito ay natukoy na sa kulay ng kanilang mukha, kung ito ay itim o puti). 40. Kaya't alin sa mga kaloob na

ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 41. Ang Mujrimun (mga makasalanan, walang pananalig, mapagsamba sa diyus-diyosan, kriminal, tampalasan, buktot, atbp.) ay makikilala sa kanilang mga tanda (maiitim na mukha), at sila ay sasakmalin sa kanilang nakalawit at natataliang buhok (sa noo) at sa kanilang mga paa. 42. Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 43. Ito ang Impiyerno na itinanggi ng Mujrimun (mga makasalanan, walang pananalig, mapagsamba sa diyus-diyosan, kriminal, tampalasan, buktot, atbp.). 44. Sila ay magsisiikot sa pagitan (ng Impiyerno), sa gitna ng mainit at kumukulong tubig! 45. Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)?

46. Datapuwa't siya (na tunay na sumasampalataya kay Allah at sa Kanyang Kaisahan at sa Islam, na gumagawa ng lahat ng mga ipinag-uutos ni Allah at ng Kanyang Tagapagbalita at umiiwas sa lahat ng masama at mga ipinagbabawal sa Islam), na may pagkatakot (at pangangamba) sa pagtindig sa harapan (ng Luklukan ng Paghuhukom) ng kanyang Panginoon, doon ay magkakaroon ng dalawang Halamanan (Paraiso). 47. Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 48. Na may malalabay na mga sanga (ng lahat ng uri ng mga punongkahoy); 49. Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 50. At sa pagitan nito (Halamanan) ay mayroong dalawang Batis na malayang dumadaloy; 51. Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 52. At naroroon ang lahat ng uri ng bungangkahoy sa

bawat pares. 53· Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 54· Sila ay magsisihilig sa mga diban na nababalutan ng binurdahang sutla, at ang mga bungangkahoy ng dalawang Halamanan ay mababa at naaabot ng kamay. 55· Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 56· At sasakanila ang (mga Dalaga) na walang bahid dungis, na nagpipigil sa kanilang pagsulyap sa kanilang mga asawa, na wala pang sinumang tao o Jinn ang sa kanila ay nakasaling. 57· Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 58· (Na ang kagandahan) ay nawawangis sa mga batong rubi at batong bulaklak. 59· Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 60· Mayroon pa bang ibang ganti ang kabutihan maliban sa kabutihan? 61· Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)?

62· At bukod pa sa dalawang (Halamanang ito) ay mayroon pang dalawang Halamanan (alalaong baga, ang Paraiso). 63· Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 64· Na luntiang-luntian ang kanyang kulay (dahilan sa saganang tubig). 65· Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 66· At sa bawat (Halamanan) ay may dalawang batis na sagana at patuloy na umaagos na tubig. 67· Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 68· Na naroroon ang mga bungangkahoy, at mga bungang palmera (datiles) at bungang granada

(pomegrenates). 69· Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 70· At (sa Halamanan) ay sasakanila ang (mga asawa) na mainam at maganda; 71· Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 72· Mga Houris (magaganda at mapuputing babae na nagpipigil sa kanilang pagsulyap) na nakatahan sa mga bulwagan; 73· Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 74· Na wala pang sinumang tao o Jinn ang sa kanila ay nakasaling. 75· Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 76· Na nakahilig sa mga luntiang diban at mga karpetang tigib sa kagandahan. 77· Kaya't alin sa mga kaloob na ito ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga Jinn at Tao)? 78· Maluwalhati ang Pangalan ng inyong Panginoon (Allah), na Lubos ang Kataasan at Tigib ng Karangalan.

Surah 56 • Al-Waqi'a

Ang Pangyayari

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1· Kung ang Pangyayari na hindi maiiwasan (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay) ay dumatal na, 2· Na walang (kaluluwa) ang makapagtatatwa tungkol sa pagdatal nito. 3· Na ito ay magpapababa (sa ilan) at magtataas naman (sa iba); 4· Kung ang kalupaan ay makalog sa kanyang

kailaliman. 5. Kung ang kabundukan ay gumulong at madurog. 6. At ito ay maging alabok na nagsisipangalat. 7. At kayong (lahat) ay pagbubukod-bukurin sa tatlong uri (alalaong baga, sa tatlong pangkat).

8. (Ang una), ay mga kasamahan ng Kanang Kamay (alalaong baga, sila na bibigyan ng kanilang Talaan sa kanilang kanang kamay), - Sino baga sila na nasa Kanang Kamay (bilang paggalang sa kanila sapagkat sila ay papasok sa Paraiso)? 9. (At ang sumunod) ay mga Kasamahan ng Kaliwang Kamay (alalaong baga, sila na bibigyan ng kanilang Talaan sa kanilang kaliwang kamay), - Sino baga sila na nasa Kaliwang Kamay (bilang kahihiyan sa kanila sapagkat sila ay papasok sa Impiyerno)? 10. (At pangatlo) ang Pinakapangunahin (sa pagiging matimtiman sa Pananalig sa Islam at paniniwala sa Kaisahan ni Allah at gumagawa ng lahat ng mga pagsunod kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita), ay magiging tampok (sa Paraiso). 11. Sila ang magiging pinakamalapit kay Allah. 12. Sa Halamanan ng Kaligayahan (Paraiso). 13. Ang karamihan ng mga tao (sa Pinakapangunahin) ay magmumula sa mga sinaunang henerasyon (na yumakap sa Islam). 14. At ang iba pang karamihan (sa Pinakapangunahin), ay sila na galing sa mga huling panahon (ng henerasyon). 15. (Sila ay malalagay) sa mga luklukan na nagagayakan ng ginto at mamahaling bato, 16. Na nakahilig dito at magkakaharap, 17. At sa kanila ay nakapaligid ang (mga nagsisilbing) kabataan na nananatiling (sariwa) sa habang panahon. 18. Na may mga tangang kopita at (nangingislap) na bangang sisidlan at mga baso na puno ng dalisay na alak (mula sa batis), 19. (Na sa pag-inom nito), sila ay hindi makakaramdam ng

pananakit ng ulo at gayundin ng pagkalasing. 20· At mga bungangkahoy, anuman ang kanilang piliin. 21· At anumang karne ng mga pabo (at kauri nito) na kanilang maibigan. 22· At sila ay (magkakaroon) ng mga Houris (kasamahang babae na may magaganda, mapuputi at may maniningning na mga mata [bilang asawa ng mga matimtiman]). 23· Na tulad ng mga natatagong Perlas. 24· Bilang gantimpala sa kanilang ginawa ng nakalipas (na buhay). 25· At doon ay wala silang maririnig na malalaswang salita o anumang salita ng kapintasan o kasalanan (tulad ng paninirang puri, atbp.). 26· Maliban lamang sa pagsasabi ng : Kapayapaan! (at muli ay) Kapayapaan!

27· At sila na kasamahan ng Kanang Kamay, - Sino baga sila na magiging kasamahan ng Kanang Kamay? 28· (Sila) ay mananahan sa gitna ng mga punong lote na walang tinik, 29· Sa gitna ng punong Talh (punong saging), na may mga bulaklak (at bunga) na kumpol-kumpol, 30· Sa malabay (at nakaladlad) na lilim, 31· Sa tabi ng tubig na patuloy na dumadaloy, 32· At mga bungangkahoy na sagana, 33· Na hindi nagmamaliw ang bunga (kahit wala sa panahon) at hindi nauubusan ng ani, 34· At sa mga luklukan (ng karangalan) na nakataas. 35· Pagmasdan! Katotohanang nilikha Namin ang kanilang Kasamahan (mga Dalaga), sa natatanging paglikha. 36· At (Aming) ginawaran sila ng pagiging birhen. 37· Na inaalagaan (ng kalikasan) ng pantay-pantay sa gulang 38· Na nalalaan sa mga kasamahan ng Kanang Kamay. 39· Ang karamihan sa mga tao (ng Kanang Kamay) ay magmumula sa sinaunang henerasyon (ng mga yumakap sa Islam). 40· At ang iba pang karamihan ng mga tao (ng Kanang Kamay) ay sila na galing sa (henerasyon) ng huling panahon.

41. At sila na kasamahan ng Kaliwang Kamay, - Sino nga ba sila na magiging kasamahan ng Kaliwang Kamay? 42. (Sila ay magigitna) sa nakakapasong Lagablab ng Apoy at kumukulong tubig, 43. At sa Anino (Lilim) ng Maitim na Usok, 44. (Ang Lilim) na ito ay walang anumang lamig o kaginhawahan, 45. Katotohanang bago pa ito (ang Kaparusahan), sila ay nalulong sa karangyaan (at luho sa kayamanan), 46. At nagpatuloy sa pamimihasa sa kahiya-hiyang kabuktutan (tulad ng pagsasama ng katambal sa pagsamba kay Allah, pagpatay, paggawa ng mga krimen, atbp.), 47. At lagi nilang ipinagbabadya: "Ano? Kung kami ba ay mamatay at maging alabok at kalansay, kami ba ay tunay na ibabangong muli sa pagkabuhay?" 48. (Kami) at ang aming mga ninuno (noong pang panahong sinauna)? 49. Ipagbadya (O Muhammad): "Tunay nga! Silang (mga tao) ng panahong sinauna at silang (mga tao) ng huling panahon." 50. Walang pagsala na titipunin ang lahat ng sama-sama sa natataningang pakikipagtipan sa Bantog na Araw. 51. Katotohanang kayo na mapaggawa ng kamalian, kayo na humahalakhak (sa katotohanan) at nagtatatwa (sa Muling Pagkabuhay)! 52. Katotohanang inyong matitikman ang puno ng Zaqqum. 53. At inyong pupunuin ang inyong sikmura ng mga ito, 54. Tangi pa rito, kayo ay iinom ng kumukulong tubig. 55. Katotohanang kayo ay magsisiinom (nito) na katulad ng kamelyong may sakit na sumisingasing sa pagkauhaw! 56. Ito ang kanilang magiging pasalubong sa Araw ng Kabayaran!

57. Kami (Allah) ang lumikha sa inyo; bakit hindi ninyo saksihan ang Katotohanan? 58. Nakikita ba ninyo ang binhi ng tao (semilya) na inyong inilalabas? 59. Kayo ba

ang lumikha sa mga ito (semilya, na nagiging isang ganap na tao), o Kami ba ang Manlilikha? 60. Itinakda Namin ang kamatayan sa inyong lahat na inyong maranasan at Kami ay hindi manlulupaypay, 61. Na baguhin ang inyong anyo at muli kayong likhain sa (bagong) anyo na hindi ninyo nababatid. 62. At katotohanang batid ninyo ang unang anyo ng paglikha (alalaong baga, ang paglikha kay Adan). Bakit nga ba hindi ninyo ipinagbubunyi ang pagpupuri sa Kanya o (kayo ay) tumatalima? 63. Sabihin ninyo sa Akin! Nakikita ba ninyo ang butong (binhi) na inyong itinatanim sa lupa? 64. Kayo ba ang nagpatubo sa mga ito o Kami ba na Manlilikha ang nagpatubo? 65. Kung Aming nanaisin ay magagawa Namin na maging tulyapis ito at kayo ay magsisisi (o maiiwan sa pagkamangha). 66. Na magsasabi: "Katotohanang kami ay Maghramun (mga nabibigatan sa pagkakautang o nalugi at naparusahan sa kawalan ng pakinabang)! 67. Katotohanang kami ay hindi nakinabang (sa bunga ng aming paghihirap)! 68. Sabihin ninyo sa Akin! Nakikita ba ninyo ang tubig na inyong iniinom? 69. Kayo ba ang nagpamalisbis nito mula sa mga ulap o Kami ba na Nagpapahintulot ang nagpamalisbis nito? 70. Kung Aming ninais ay magagawa Namin ito na maging mapait (at maalat na hindi maiinom). Bakit nga ba kayo ay hindi nagbibigay pasalamat (kay Allah)? 71. Sabihin ninyo sa Akin! Nakikita ba ninyo ang apoy na inyong pinagdiringas? 72. Kayo ba ang nagpatubo sa mga punongkahoy na pinagkukunan ng apoy (at panggatong) o Kami ang nagpatubo nito? 73. Ginawa Namin ito bilang Paala-ala (sa Apoy ng Impiyerno sa Kabilang Buhay); at isang bagay ng kaginhawahan sa mga naninirahan sa ilang (at sa lahat ng iba pa rito sa mundo).

74. Kaya't ipagdiwang ng may pagpupuri ang Pangalan ng iyong Panginoon, ang Kataas-taasan!

75. Tunay nga! Aming tinawag upang magpatotoo ang Mawaqi (ang paglubog o malalaking palasyo ng mga bituin). 76. At katotohanang ito ay dakilang pagsumpa, kung inyo lamang nalalaman. 77. At katotohanang (ito) ang pinakamarangal (at banal) na pagdalit (ang Qur'an). 78. Sa isang Aklat na ganap na napapangalagaan (na kay Allah sa Kalangitan, alalaong baga ang Al Lauh Al Mahfuz). 79. Na walang sinuman ang makakahipo niyaon (Aklat ni Allah) maliban sa (kanila) na dalisay at malilinis sa kasalanan (alalaong baga, ang mga anghel). 80. Isang Kapahayagan (ang Qur'an) mula sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang. 81. Ang Pahayag bang ito (ang Qur'an) ay hindi ninyo (mga hindi sumasampalataya) gaanong pinapahalagahan? 82. At sa halip (na inyong pasalamatan si Allah) sa mga biyaya na inyong ikinabubuhay mula sa Kanya, sa kabalintunaan ay inyong itinatwa Siya (sa kawalan ng pananalig)!

83. Nguni't bakit hindi ninyo (pinangahasan) nang ang (kaluluwa ng isang mamamatay na tao) ay umabot na sa kanyang lalamunan? 84. At kayo ay pansamantalang (nakaupo) at nakatingin lamang, 85. Datapuwa't Kami (alalaong baga, ang Aming mga anghel na kumukuha ng kaluluwa) ay higit na malapit sa kanya kaysa sa inyo, subalit (sila) ay hindi ninyo nakikita, 86. Kaya't bakit hindi ninyo ginawa, - kung kayo nga ay hindi sakop ng (darating) na pagsusulit at kabayaran (kaparusahan, atbp.). 87. Inyong ibalik (muli ang kanyang) kaluluwa sa kanyang katawan, kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan? 88. At kung siya (na mamamatay na) ay isa sa Muqaribun (siya na ang magiging

kasama ay mga malalapit kay Allah), 89. (Sasakanya) ang kapahingahan at kasiyahan sa Hardin ng Kaligayahan (Paraiso). 90. At kung siya (na mamatay na) ay kasamahan ng Kanang Kamay, 91. (Ay sasakanya ang pagbati): Sumainyo ang kapayapaan at kapanatagan mula sa mga kasamahan ng Kanang Kamay. 92. Datapuwa't kung siya (na mamamatay) ay kasama roon sa mga nagtuturing na huwad (sa katotohanan ang Muling Pagkabuhay), at tumahak sa kamalian, 93. Sa kanya ay isasalubong ang kumukulong tubig, 94. At pagkasunog sa Apoy ng Impiyerno. 95. Tunay ngang ito ang Lubos na Katotohanan, ang Katiyakan. 96. Kaya't ipagbunyi nang may pagpupuri ang Pangalan ng iyong Panginoon, ang Kataas-taasan!

Surah 57 • Al-Hadid

Ang Bakal

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ang lahat ng anupamang nasa kalangitan at kalupaan ay nagpapahayag ng pagpupuri at kaluwalhatian kay Allah, sapagkat Siya ang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Lubos na Maalam. 2. Sa Kanya ang pag-aangkin ng kapamahalaan ng kalangitan at kalupaan. Siya ang naggagawad ng buhay at nagbibigay ng kamatayan, at Siya ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay. 3. Siya ang Una (walang anuman bago pa sa Kanya) at Huli (walang anuman matapos Siya), ang Kataas-taasan (walang anuman

ang higit sa Kanya) at Pinakamalapit (walang anuman ang higit na malapit sa Kanya). At Siya ang may kaalaman sa lahat ng bagay. 4· Siya (Allah) ang lumikha ng kalangitan at kalupaan sa anim na araw, at nag-Istawa (itinatag o iniluklok) Niya ang Kanyang Sarili sa Luklukan (sa paraan na naaayon sa Kanyang Kamahalan). Talastas Niya kung ano ang pumapasok sa kalupaan at kung ano ang lumalabas dito, at batid Niya kung ano ang bumababa sa kalangitan at umaakyat doon. At Siya ay laging nasa inyo (sa pamamagitan ng Kanyang Karunungan) saan man kayo naroroon. At si Allah ang Lubos na Nakakamatyag ng lahat ninyong ginagawa. 5· Sa Kanya ang kapamahalaan ng mga kalangitan at kalupaan; at ang lahat ng pangyayari ay bumabalik kay Allah (sa Pagpapasya). 6· Pinagsanib Niya ang gabi sa araw (ang pag-igsi ng oras sa gabi ay idinagdag sa oras ng maghapon), at pinaglagom Niya ang araw sa gabi (ang pag-igsi ng oras ng maghapon ay idinagdag sa oras ng gabi); at Siya ay Tigib ng Karunungan sa lahat ng mga lihim (ng dibdib).

7· Manampalataya kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita (Muhammad), at gumugol sa pagkakawanggawa mula sa kayamanan na pamanang kaloob Niya sa inyo. At sa inyo na sumasampalataya at gumugugol (sa kawanggawa at Kapakanan ni Allah), sasakanila ang malaking gantimpala. 8· Ano ba ang nangyayari sa inyo at kayo ay hindi sumasampalataya kay Allah? Samantalang ang Tagapagbalita (Muhammad) ay nag-aanyaya sa inyo na kayo ay sumampalataya sa inyong Panginoon (Allah) at katotohanang tinanggap Niya ang inyong kasunduan, kung kayo ay mga tao na may tunay na pananalig. 9· Siya (Allah) ang

nagpaparating sa Kanyang Tagapaglingkod (Muhammad) ng lantad na Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.) upang Kanyang magabayan kayo mula sa kailaliman ng kadiliman tungo sa liwanag. At katotohanang si Allah sa inyo ay Puspos ng Kabutihan at Pinakamaawain. 10. At ano ang nangyayari sa inyo at kayo ay hindi gumugugol para sa Kapakanan ni Allah? At kay Allah lamang ang pagmamay-ari ng lahat ng mga kayamanan at pamana ng kalangitan at kalupaan. Hindi magkatulad sa inyo ang mga gumugol nang kusa at nakipaglaban noon sa pagsakop (sa Makkah), at sa kanila (na kasama mo na lumaban [hanggang] sa katapusan). Sila ay higit na mataas sa antas kaysa sa gumugol nang kusa at nakipaglaban sa bandang huli. Datapuwa't sa lahat, si Allah ay nangako ng pinakamabuting gantimpala. At si Allah ang Ganap na Nakakabatid ng lahat ng inyong ginagawa.

11. Sino baga siya na magpapautang kay Allah ng isang magandang pautang? At si Allah ang magpaparami nito ng maraming beses sa kanyang kapakinabangan, gayundin naman ay tatanggap pa siya ng masaganang biyaya (alalaong baga, ang Paraiso). 12. Sa Araw na inyong mapagmamasdan ang mga nananampalatayang lalaki at mga nananampalatayang babae, kung paano ang kanilang Liwanag ay tumatakbo sa kanilang harapan at sa kanilang kanang kamay. (Ang kanilang pagbati ay ito): " Magandang balita sa inyo sa araw na ito! Mga Halamanan na sa ibaba nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso), upang manirahan dito magpakailanman! Katotohanang ito ang Pinakamataas na Tagumpay!" 13. Sa Araw na ang mga mapagkunwari, lalaki at babae, ay magsasabi sa mga nananampalataya:

"Inyong hintayin kami! Kami ay hayaan ninyo na humiram (ng liwanag) mula sa inyong Liwanag!" At sa kanila ay ipagbabadya: "Magsitalikod kayo sa inyong harapan! At ngayon, kayo ay magsihanap ng liwanag (na hindi nila matatagpuan)! Kaya't isang dingding ang itititindig sa pagitan nila na rito ay may tarangkahan. Sa loob nito ay naroroon ang walang maliw na Habag, at sa labas nito hanggang sa tagiliran, ay naroroon ang (pagkagalit) at Kaparusahan!" 14. (Sila na mapagkunwari na nasa labas) ay magsisitawag (sa mga sumasampalataya): "Kami ba ay hindi ninyo kasama? Ang mga sumasampalataya ay sasagot: "Tunay nga! Subalit hinayaan ninyo ang inyong sarili na mabulid sa tukso; kayo ay naghintay sa aming kapahamakan; kayo ay nag-agam-agam (sa pangako ni Allah); at ang inyong (huwad) na pagnanasa ang luminlang sa inyo; hanggang ang Pag-uutos ni Allah ay ipatupad. At ang Punong Manlilinlang (Satanas) ang dumaya sa inyo tungkol kay Allah. 15. Kaya't sa Araw na ito, walang kabayaran ang tatanggapin sa inyo (na mga mapagkunwari), gayundin sa mga nagtakwil kay Allah (sa Kanyang Kaisahan at sa Islam). Ang inyong tahanan ay Apoy. Ito ang angkop na lugar na mag-aangkin sa inyo at tunay namang (ito) ay isang masamang tagapagtangkilik!"

16. Hindi pa ba dumatal ang panahon sa puso ng mga sumasampalataya (na may kapakumbabaan at gumugugol sa pag-aala-ala kay Allah, sa Kanyang Kaisahan at sa Islam) na matablan ng katotohanan na ipinahayag (ang Qur'an) sa kanila; (baka mangyari) na sila ay matulad sa mga tao na pinagpahayagan ng Kasulatan noon pang una (ang Torah [mga Batas] at Ebanghelyo, alalaong baga ang mga Hudyo at Kristiyano), gayunman, marami ng panahon ang nalagas

at ang kanilang puso ay lumaki at tumigas? At marami sa kanila ang Fasiqun (mga mapaghimagsik at palasuway kay Allah). 17. Dapat ninyong maalaman na si Allah ang nagbibigay ng buhay sa patay na lupa (kalupaan na naging tigang)! Naririto, katotohanang Aming ipinamamalas ang Ayat (mga tanda, katibayan, aral, kapahayagan, atbp.) ng magaan sa inyo upang kayo ay makaunawa.

18. Katotohanang sa mga nagkakaloob ng kawanggawa, lalaki man o babae, at nagpapautang kay Allah ng magandang pautang, ito ay (Kanyang) pag-iibayuhin ng marami (sa kanilang kapakinabangan), at gayundin, sila ay tatanggap ng saganang biyaya (alalaong baga, ang Paraiso). 19. At sa mga nananampalataya kay Allah (sa Kanyang Kaisahan) at sa Kanyang mga Tagapagbalita, sila ang Siddiqun (alalaong baga, mga matatapat na tagasunod ng mga Propeta na pangunahin at pinakatampok sa pananalig sa kanila), at mga Martir sa Paningin ng kanilang Panginoon, sasakanila ang kanilang Gantimpala at kanilang Liwanag. Datapuwa't sila na nagtatakwil kay Allah (sa Kanyang Kaisahan at sa Islam) at nagtatatwa ng Aming Ayat (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral, atbp.), sila ang mga kasamahan ng Apoy ng Impiyerno.

20. Dapat ninyong maalamang lahat na ang buhay sa mundong ito ay isa lamang laro at pampalipas oras, isang pagpaparangalan sa gayak at tampok na pangangalandakan sa lipon ninyo at pagpaparami (sa pagpapaligsahan) ng inyong mga sarili sa mga kayamanan at mga anak. Narito ang isang paghahalintulad: Kung paano ang ulan at pagtubo (ng halaman) ay nagbibigay sigla sa (puso) ng mga magsasaka; hindi magtatagal ito ay malalanta at mapagmamasdan

mo na ito ay naninilaw, at magiging tuyo at malalansag. Datapuwa't sa Kabilang Buhay ay mayroong (kapwa) isang Malupit na Kaparusahan (sa mga walang pananalig kay Allah at tagasunod ng kamalian) at Kapatawaran mula kay Allah at (Kanyang) pagkalugod (sa mga nananalig kay Allah at tagasunod sa kabutihan). At ano ba ang buhay sa mundong ito, maliban lamang sa mga paninda at mga bagay ng pandaraya? 21. Bigyang pansin ninyo (ang paghahanap) ng Kapatawaran mula sa inyong Panginoon (Allah) at tungo sa Halamanan ng Kaligayahan (Paraiso) na ang lapad nito ay kasinglawak ng kalangitan at kalupaan na inihanda sa mga sumasampalataya kay Allah at sa Kanyang mga Tagapagbalita. Ito ang Biyaya ni Allah na ipinagkaloob Niya sa sinumang Kanyang maibigan, at si Allah ang Panginoon ng mga Biyayang Walang Pagmamaliw.

22. Walang masamang pangyayari ang magaganap dito sa kalupaan at sa inyong sarili (kaluluwa), maliban na ito ay naitala sa Aklat ng Kautusan (Al Lauh Al Mahfuz), bago pa Namin pinapangyari ang lahat sa paglikha. Katotohanang ito ay lubhang magaan kay Allah (alalaong baga, ang manalig sa maka-Diyos na pagtatakda, ang Qadar). 23. Upang kayo ay hindi mahapis sa mga bagay na nabigo ninyong kamtin, gayundin naman, ay huwag maging mapagmataas sa mga biyayang ipinagkaloob sa inyo. At si Allah ay hindi nagmamahal sa mga nagmamagaling sa pagyayabang. 24. (At sila) na mga tao na mapagnasa (at gahaman) at nagtutulak ng pagnanasa (at pagkagahaman) sa mga tao (si Allah ay hindi nangangailangan ng kanilang tulong). At sinuman ang tumalikod (sa Pananalig at Landas ni Allah), katotohanang

si Allah ay Tigib ng Kasaganaan (walang pangangailangan), at Karapat-dapat sa Lahat ng Pagpupuri.

25. Katotohanang isinugo Namin (noon pa) ang Aming mga Tagapagbalita na may Maliwanag na mga Katibayan, at ipinadala Namin sa kanila ang Kasulatan at Timbangan (ng Matuwid at Mali), upang ang mga tao ay magsitindig sa katarungan. At inilabas namin ang Bakal, na naririto ang malaking lakas (sa mga bagay ng pakikipaglaban), gayundin naman ng maraming kapakinabangan sa sangkatauhan, upang masubukan ni Allah kung sino ang tutulong ng lingid sa Kanya (sa Kanyang Relihiyon), at sa Kanyang mga Tagapagbalita. Katotohanang si Allah ay Ganap na Makapangyarihan, ang Mataas sa Kapamahalaan.

26. At tunay na isinugo Namin si Noe at Abraham, at itinatag Namin sa kanilang lahi ang pagka-Propeta at Kapahayagan, ang ilan sa kanila ay nasa tamang patnubay, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay Fasiqun (mga mapaghimagsik at palasuway kay Allah). 27. (At sa kanilang pagsasayang ng oras) ay isinugo Namin sa kanila ang iba pang mga Tagapagbalita. Aming isinugo sa kanila si Hesus, ang anak ni Maria, at ibinigay Namin sa kanya ang Ebanghelyo, at itinalaga Namin sa puso ng mga sumusunod sa kanya ang Aming Pagkalinga at Habag. Datapuwa't ang hindi pag-aasawa na itinalaga nila sa kanilang sarili; ito ay hindi Namin iginawad sa kanila, subalit (ito ay kanilang pinaghanap) upang mabigyang kasiyahan si Allah; ngunit sila ay hindi nagpatupad nito sa nararapat na pagtupad. Kaya't ipinagkaloob Namin sa lipon nila na sumasampalataya ang kanilang (laang) gantimpala, subalit

ang karamihan sa kanila ay Fasiqun (mga mapaghimagsik at palasuway kay Allah).

28. O kayong nananalig (kay Moises [mga Hudyo] at kay Hesus [mga Kristiyano])! Pangambahan ninyo si Allah at sumampalataya rin kayo sa Kanyang Tagapagbalita (Muhammad). Ipagkakaloob Niya sa inyo ang dalawang bahagi ng Kanyang Habag at ipagkakaloob Niya sa inyo ang isang Tanglaw na inyong malalakaran (sa matuwid na landas), at patatawarin Niya ang (inyong nakaraan), sapagkat si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, Ang Pinakamaawain.

29. Upang mapag-alaman ng Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano), na wala silang anupamang kapangyarihan na higit sa mga Biyaya ni Allah, at ang (Kanyang) biyaya ay (tandisang) nasa sa Kanyang Kamay lamang, na Kanyang igagawad sa sinumang Kanyang maibigan sapagkat si Allah ang Panginoon ng Nag-uumapaw na Biyaya.

Surah 58 • Al-Mujadalah

Ang Babae na Nagsusumamo

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Katotohanang si Allah ay nakarinig (at nakatanggap) ng pangungusap ng isang babae (Khaula bint Tha'laba) na nagsusumamo sa iyo (O Muhammad) tungkol sa kanyang asawa (Aus bin As-Samit) at ipinaninikluhod niya ang kanyang daing (sa pananalangin) kay Allah. At si Allah

(ay lagi nang) dumirinig ng mga pagmamatuwid sa panig ninyong dalawa, sapagkat si Allah ang Nakakarinig at Nakakamasid (ng lahat ng bagay).

2. Kung sinuman sa inyong kalalakihan ang maghain ng diborsiyo (paghihiwalay) sa kanilang asawa sa pamamaraan ng Zihar (isang salitain ng lalaki sa kanyang asawa: 'Ikaw (babae) ay katulad ng likod ng aking ina', alalaong baga, hindi marapat sa akin na sipingan ka). Sila ay hindi maaari na kanilang maging ina. Wala silang magiging ina maliban sa (mga babae) na nagsilang sa kanila. At katotohanang sila ay gumagamit ng mga salita (na kapwa) walang galang at mali, datapuwa't katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapaumanhin, ang Lagi nang Nagpapatawad. 3. Datapuwa't sila na nagpahayag ng katagang Zihar sa kanilang mga asawa at nagnanais na mawalan ng kapanagutan sa mga salita na kanilang inusal, (dito ay itinalaga sa sinuman bilang kabayaran), na marapat (siyang) magpalaya ng isang alipin bago sila magsiping sa isa't isa. Ito ay isang pagpapaala-ala sa inyo (upang hindi na kayo magbalik sa hindi marapat na gawain). At si Allah ay Lubos na Nakakabatid ng lahat ninyong ginagawa. 4. At kung sinuman ang walang kakayahan (o walang salapi upang magpalaya ng isang alipin), ay marapat na mag-ayuno ng magkasunod na dalawang buwan bago sila magsiping sa isa't isa, datapuwa't kung sinuman ang hindi makasunod dito ay marapat siyang magpakain ng animnapung tao (na nanglilimos). Sa ganito ay maipapakita ninyo ang inyong ganap na Pananampalataya kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita. Ito ang mga hangganan (na itinakda)

ni Allah. At sa mga nagtatakwil sa Kanya, sa kanila ay naghihintay ang kasakit-sakit na Kaparusahan.

5· Katotohanang sila na sumusuway sa (mga pag-uutos) ni Allah at ng Kanyang Tagapagbalita (Muhammad) ay manlulupaypay na parang alikabok (mawawalan ng karangalan), na katulad ng mga tao ng panahong sinauna na winalang dangal (din), sapagkat ipinarating Namin ang Maliliwanag na Ayat (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral, atbp.). At ang mga hindi sumasampalataya ay magkakamit ng kaaba-abang Kaparusahan. 6· Sa Araw na sila ay ibabangong muli ni Allah nang sama-sama (alalaong baga, sa Araw ng Muling Pagkabuhay) at ipangungusap sa kanila ang kanilang mga ginawa. Si Allah ang nag-iingat ng kanilang pagsusulit habang ito ay kanilang nakalimutan, sapagkat si Allah ang Saksi sa lahat ng bagay.

7· Hindi ba ninyo napagmamalas na si Allah ang nakakabatid ng anupamang nasa kalangitan at kalupaan? Walang anumang lihim na pag-uusap ang tatlo, na hindi Siya pang-apat (sa Kanyang Karunungan, habang Siya ay nasa ibabaw ng Kanyang Luklukan sa pampitong Langit), gayundin naman ng lima, na hindi Siya pang-anim (sa Kanyang Karunungan), gayundin kung kakaunti o marami, na hindi Siya isa sa kanila (sa Kanyang Karunungan) kahit saan pa mang lugar; at sa bandang huli sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay Kanyang ipangungusap sa kanila ang kanilang ginawa. Katotohanang si Allah ang Lubos na Maalam sa lahat ng bagay. 8· Napagmamasdan mo ba siya na pinagbawalan (na gumawa) ng mga lihim na pagsasanggunian, at pagkaraan ay muling nagbalik doon sa mga bagay na ipinagbawal (na kanilang gawin)? At sila

ay nagdaraos ng mga lihim na pagsasanggunian sa kanilang sarili patungkol sa kasamaan at pagmamalupit at hindi pagsunod sa Tagapagbalita (Muhammad). At kung sila ay lumalapit sa iyo, sila ay bumabati sa iyo sa paraan na hindi katulad nang pagbati ni Allah sa iyo (bagkus ay sa masamang paraan); at sila ay nagsasabi sa kanilang sarili: "Bakit hindi kami pinarurusahan ni Allah sa aming mga salita"? Sapat na sa kanila ang Impiyerno! Sila ay masusunog dito at tunay namang pagkasama-sama ang gayong hantungan!

9. O kayong nagsisisampalataya! Kung kayo ay magdaraos ng lihim na pagsasanggunian, huwag ninyong gawin ito tungo sa kasamaan at kalupitan at pagsuway sa Tagapagbalita (Muhammad), bagkus ay gawin ninyo tungo sa Al-Birr (kabutihan at katuwiran) at Taqwa (kataimtiman at pagtitimpi sa sarili); at pangambahan ninyo si Allah, kayong lahat ay magbabalik sa Kanya sa pagtitipon. 10. Ang mga lihim na pagsasanggunian (pagsasabwatan) ay inuulot ni Satanas, upang siya ay makapagdulot ng hapis sa mga sumasampalataya, datapuwa't hindi niya (Satanas) mapipinsala sila kahit na katiting malibang pahintulutan ni Allah; at kay Allah, hayaan ang mga sumasampalataya ay magtiwala.

11. O kayong nagsisisampalataya! Kung kayo ay pinagsabihan na maglaan ng lugar sa mga pagtitipon (magsikalat kayo) at magbigay ng puwang. Si Allah ang magkakaloob ng (sapat) na lugar sa inyo (mula sa Kanyang Habag). At kung kayo ay pagsabihan na tumindig (sa pagdarasal, sa Jihad [banal na pakikipaglaban], o sa anumang mabuting bagay), magsitindig kayo. Si Allah ang mag-aangat ng (akmang) hanay (at antas) sa inyo na

sumasampalataya at sila na pinagkalooban ng karunungan. At si Allah ang Ganap na Nakakabatid ng lahat ninyong ginagawa.

12. O kayong nagsisisampalataya! Kung kayo ay (nagnanais) na sumangguni sa Tagapagbalita (Muhammad) sa pribado, gumugol kayo ng anuman sa kawanggawa bago ang inyong pribadong pagsangguni. Ito ay higit na makakabuti sa inyo at higit na mainam upang dalisayin (ang inyong pag-uugali). Datapuwa't kung kayo ay hindi makatagpo (ng kakayahan dito), katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 13. Kayo baga ay nangangamba na gumugol sa kawanggawa bago ang inyong pribadong pagsangguni (sa kanya)! Magkagayunman, kung ito ay hindi ninyo nagawa at si Allah ay nagpatawad sa inyo, kung gayon (sa pinakamagaan na paraan), kayo ay mag-alay ng palagiang pagdarasal nang mahinusay (Iqamat-us-Salah); at magbigay ng Zakat (katungkulang kawanggawa) at sundin ninyo si Allah (alalaong baga, gawin ninyong lahat ang ipinag-uutos ni Allah at ng Kanyang Tagapagbalita). At si Allah ang Lubos na Nakakabatid ng lahat ninyong ginagawa.

14. Hindi mo ba napagmamasdan (O Muhammad) sila na (mga mapagkunwari) na nakikipagmabutihan sa mga tao na umaani ng Pagkagalit ni Allah (alalaong baga, ang mga Hudyo)? Sila ay hindi kabilang sa inyo (na mga Muslim) at gayundin sila (na mga Hudyo), at sila ay sumusumpa sa kasinungalingan nang lantaran samantalang ito ay kanilang nalalaman. 15. Si Allah ay naghanda sa kanila ng kasakit-sakit na Kaparusahan. Katotohanang kabuktutan ang kanilang mga gawa. 16. Ginawa nila ang kanilang mga pangako (sumpa) bilang pantakip (sa kanilang mga lihis

na gawa). Kaya't hinahadlangan nila ang mga tao tungo sa Landas ni Allah, at sa gayon, sila ay magkakamit ng kaaba-abang Kaparusahan.

17. Ang kanilang kayamanan gayundin ang kanilang mga anak (na lalaki) ay walang maidudulot sa kanila na anumang katuturan laban kay Allah. Sila ang magiging kasamahan ng Apoy upang manahan doon magpakailanman! 18. Sa Araw na sila ay ibabangong muli ni Allah (tungo sa paghuhukom) nang sama-sama (upang magsulit), sa gayon, sila ay manunumpa sa Kanya na kagaya ng panunumpa nila sa inyo (mga Muslim). At sila ay nag-aakala na mayroon silang kakayahan (upang tindigan). Wala, katotohanang sila ay mga sinungaling! 19. Si Satanas ang nangingibabaw sa kanila, kaya't kanyang ginawa na makaligtaan nila ang pag-aala-ala kay Allah. Sila nga ang mga kampon ni Satanas! Katotohanan, ang mga kampon ni Satanas ang mapapahamak! 20. Sila na sumusuway sa (pag-uutos) ni Allah at ng Kanyang Tagapagbalita (Muhammad), sila nga ang higit na magiging kaaba-aba (sa kawalang kahihiyan). 21. Si Allah ay nagtakda: "Katotohanang Ako at ang Aking mga Tagapagbalita ang mananaig at magtatagumpay." Katotohanang si Allah ang Lubos na Makapangyarihan, ang Kataas-taasan.

22. Ikaw (O Muhammad) ay hindi makakatagpo ng sinumang (mga) tao na sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw, na nakikipagkaibigan sa mga sumasalungat kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita (Muhammad), kahima't sila ay kanilang mga ama, o kanilang mga anak, o kanilang mga kapatid o kanilang mga kamag-anak. Sa kanila ay Kanyang isinulat ang Pananalig sa kanilang puso

at (Kanyang) pinatibay sila sa Ruh (mga katibayan, liwanag at tunay na patnubay) mula sa Kanyang Sarili. At Aming tatanggapin sila sa mga Halamanan (Paraiso) na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy, upang manirahan dito (magpakailanman). Si Allah ay lubos na nalulugod sa kanila, at sila rin naman sa Kanya. Sila nga ang mga kabig ni Allah. Katotohanan, ang mga kabig ni Allah ang magtatamasa ng Tagumpay.

Surah 59 • Al-Hashr

Ang Pagtitipon

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ang lahat ng anupamang nasa kalangitan at kalupaan ay nagbubunyi ng mga pagpupuri at pagluwalhati kay Allah. At Siya ang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Pinakamaalam. 2. Siya (Allah) ang nagtaboy sa mga hindi sumasampalataya sa lipon ng Angkan ng Kasulatan (alalaong baga, ang mga Hudyo ng Bani An-Nadir) mula sa kanilang mga tahanan sa unang pagtitipon (ng mga lakas). Kayo ay hindi nag-aakala na sila ay lalabas. At sila ay nag-akala na ang kanilang mga Tanggulan (Moog) ay makakapagtanggol sa kanila kay Allah! Datapuwa't ang (Kaparusahan) ni Allah ay dumating sa kanila mula sa lahat ng sulok na hindi nila inaasahan, at Siya ay nagpukol ng lagim sa kanilang puso, upang kanilang wasakin ang kanilang mga tirahan sa pamamagitan ng kanilang mga kamay at ng mga kamay ng

mga sumasampalataya. Kaya't inyong sundin ang Tagubilin, O kayong may mga mata (upang magmalas)!

3· At kung hindi lamang itinakda ni Allah na sila ay mapatapon, walang pagsalang sila ay parurusahan Niya sa mundong ito, at sa Kabilang Buhay ay katiyakang sasakanila ang Kaparusahan ng Apoy. 4· Ito'y sa dahilang sila ay sumalungat kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita (Muhammad). At sinuman ang sumalungat kay Allah, katotohanang si Allah ay Mahigpit sa Kaparusahan. 5· Kahit na kayo (O mga Muslim) ay pumutol ng malalambot na punong palmera (ng inyong kaaway), o inyong hinayaan ang mga ito na nakatayo sa kanilang mga ugat (at katawan), ito ay kagustuhan ni Allah, upang Kanyang mabigyan ng kahihiyan ang Fasiqun (mga mapaghimagsik at palasuway kay Allah).

6· At anuman ang ipagkaloob ni Allah na Labi ng Digmaan (Fai) sa Kanyang Tagapagbalita (Muhammad) mula sa kanila, na roon ay wala kayong ginawang ekspedisyon (paglalakbay na may hangarin) maging yaon man ay sa pangangabayo o pangangamelyo. Datapuwa't si Allah ang nagkakaloob ng kapangyarihan sa Kanyang mga Tagapagbalita ng higit sa sinumang Kanyang maibigan. At si Allah ay may ganap na kapangyarihan sa lahat ng bagay. 7· Kung anuman ang ipinagkaloob ni Allah na Labi ng Digmaan (Fai) sa Kanyang Tagapagbalita (Muhammad), na mula sa mga tao ng mga bayan, - ito ay pag-aari ni Allah, ng Kanyang Tagapagbalita (Muhammad), ng mga kamag-anak (ng Tagapagbalitang si Muhammad), ng mga ulila, ng mga nangangailangan na nagpapalimos, at mga naglalakbay upang ito ay hindi maging isang kayamanan na nagpapasalin-salin (at ginagamit) ng

mga mayayaman sa inyong lipon. Kaya't inyong kunin ang anumang ibigay sa inyo ng Tagapagbalita (Muhammad), at anumang ipagbawal niya sa inyo, ito ay inyong iwasan at pangambahan si Allah. Katotohanang si Allah ay mahigpit sa Kaparusahan. 8. (At mayroon ding bahagi sa Labi ng Digmaan) ang mga mahihirap na Muhajir (mga nagsilikas), na itinaboy sa kani-kanilang tirahan at mga ari-arian, habang sila ay naghahanap ng mga biyaya mula kay Allah at upang mabigyang kasiyahan Siya, at tumulong kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita (Muhammad). Katotohanang sila ang mga matatapat (sa kanilang sinasabi).

9. Datapuwa't sila, na bago pa sa kanila, ay mayroong tirahan (sa Al-Madinah) at nagsiyakap sa Pananampalataya, at nagpapakita ng pagkagiliw sa sinumang pumaparoon sa kanila upang manuluyan, at sila ay walang paninibugho sa kanilang puso sa anumang ibinigay sa kanila (na mula sa Labi ng Digmaan ng Bani An-Nadir), bagkus ay kanilang inaasikaso sila ng higit pa sa kanilang sarili bagama't sila ay nagdaranas din ng paghihikahos. At kung sinuman ang ligtas sa kanyang sariling kasakiman, sila nga ang tunay na magkakamit ng kasaganaan at tagumpay. 10. At yaong mga dumating pagkaraan nila ay nagsasabi: "Aming Panginoon! Inyong patawarin kami at ang aming mga kapatid na nangauna sa amin sa Pananampalataya, at huwag Ninyong ilagay sa aming puso ang damdamin ng pagkamuhi at pamiminsala sa mga sumasampalataya. Aming Panginoon! Katotohanang Kayo ay Tigib ng Kabaitan, ang Pinakamaawain".

11. Hindi mo ba napagmamasdan (O Muhammad)

ang mga mapagkunwari na nagsasabi sa kanilang mga kaibigan mula sa lipon ng angkan ng Kasulatan na hindi nananampalataya: "(Si Allah ang Saksi), kung kayo ay ipatapon, kami (rin) ay tunay na sasama sa inyo at hindi namin susundin ang sinuman na laban sa inyo, at kung kayo ay lusubin (sa pakikipaglaban), katiyakang kami ay tutulong sa inyo". Datapuwa't si Allah ang Saksi na sila ay tunay na mga sinungaling. 12. Katiyakang kung sila (na mga Hudyo) ay ipatapon, kailanman (ang mga mapagkunwari) ay hindi sasama sa kanila, at kung sila ay lusubin (sa pakikipaglaban), kailanman ay hindi sila tutulong sa kanila. At kung sila ay tumulong sa kanila, sila (na mga mapagkunwari) ay tatalikod sa kanila upang sila ay hindi magtagumpay.

13. Katotohanang kayo (na mga sumasampalataya) ay higit na nagdudulot ng pangamba sa kanilang puso kaysa (sa pangamba) kay Allah. Ito'y sa dahilang sila ay mga tao na hindi marunong makaunawa (sa Kamahalan at Kapangyarihan ni Allah). 14. Kayo ay hindi nila lalabanan kahit na sila ay sama-sama, maliban sa napapangalagaang mga bayan (may sapat na Tanggulan), o kung nasa likod ng mga bakod. Ang pagkamuhi sa pagitan nila ay lubhang masigasig. Kung sila ay inyong titingnan ay aakalain ninyo na sila ay nagkakaisa, datapuwa't ang kanilang puso ay magkakahiwalay, sapagkat sila ay mga tao na salat sa karunungan.

15. Sila ay katulad ng (mga Hudyo ng Bani An-Nadir na nagdusa) sa maigsing panahon bago pa sa kanila, at kanilang natikman ang dulot na kasamaan ng kanilang gawa, at (sa Kabilang Buhay) ay may nakalaan sa kanila na kasakit-sakit na Kaparusahan. 16. (Ang kanilang mga

kapanalig ay luminlang sa kanila) na katulad ni Satanas, nang siya ay magsulsol sa tao at magsabi: “Huwag kayong manampalataya kay Allah.” Datapuwa’t kung (ang tao) ay hindi manalig kay Allah, si Satanas ay nagsasabi: “Wala akong kinalaman sa inyo. Aking pinangangambahan si Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang!” 17. Ang kahihinatnan nila kapwa ay ang kanilang pagkapariwara sa Apoy, dito sila maninirahan magpakailanman. Ito ang kabayaran ng Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian, walang pananalig kay Allah at sa Kanyang Kaisahan, tampalasan, atbp.).

18. O kayong sumasampalataya! Pangambahan ninyo si Allah (at panatilihin ang inyong tungkulin sa Kanya), at bayaan ang bawat kaluluwa na hanapin (ang biyaya) na naghihintay para sa kanya sa kinabukasan. Tunay! Pangambahan ninyo si Allah. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakababatid ng lahat ninyong ginagawa. 19. At huwag kayong tumulad sa kanila na nakalimot kay Allah (alalaong baga, naging palasuway kay Allah); at Kanyang pinapangyari na malimutan nila ang kanilang kaluluwa (ang makalimot sila na gumawa ng mabubuting gawa)! Sila nga ang Fasiqun (mga mapaghimagsik at palasuway kay Allah)! 20. Hindi magkatulad ang mga Kasamahan ng Apoy at mga Kasamahan ng Paraiso. Ang mga Kasamahan ng Paraiso ang magkakamit ng tagumpay at kapanatagan.

21. At kung Aming ipinanaog ang Qur’an sa (ibabaw ng) bundok, katotohanang iyong mapagmamasdan ito (bundok) na nangangayupapa at nalalansag sa pagkabiyak dahilan sa pangamba kay Allah. Ito ay isang paghahambing na Aming inihantad sa mga tao upang sila ay magsaalang-

alang. 22· Siya si Allah, wala ng iba pang Diyos maliban sa Kanya. La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), ang Lubos na Nakakaalam ng mga nakalingid at lantad. Siya ang Pinakamapagbigay, ang Pinakamaawain. 23· Siya si Allah, wala ng iba pang Diyos maliban sa Kanya. La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), ang Hari, ang Banal - ang Tanging Isa na ligtas sa lahat ng mga kasahulan at kapintasan, ang Tagapagbigay ng Kapanatagan, ang Tagapagbantay sa lahat ng Kanyang mga nilalang, ang Pinakamakapangyarihan, ang Tagapagpasunod, ang Kataas-taasan. Luwalhatiin si Allah! (Higit Siyang) mataas sa lahat ng kanilang iniaakibat na mga katambal sa Kanya. 24· Siya si Allah, ang Manlilikha, ang Pinagmulan ng lahat ng bagay, ang Tagapagkaloob ng mga Hubog. Siya ang nag-aangkin ng lahat ng Pinakamainam na Pangalan. Ang lahat ng nasa kalangitan at kalupaan ay lumuluwalhati sa Kanya. At Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

Surah 60 • Al-Muntahinah

Ang Babae na Susuriin

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1· O kayong sumasampalataya! Huwag ninyong ituring ang Aking mga kaaway at inyong mga kaaway, (alalaong baga,

mga hindi sumasampalataya at mapagsamba sa diyus-diyosan, atbp.), bilang mga kaibigan (o tagapagsanggalang) at nagpapakita kayo ng inyong pagkagiliw sa kanila, kahima't sila ay nagsipagtakwil sa katotohanan na ipinadala sa inyo (Kaisahan ni Allah, ang Qur'an, at Propeta Muhammad). (Sa kabalintunaan), sila ay nagtaboy sa Tagapagbalita (Muhammad) at sa inyo (mula sa inyong mga tahanan), sapagkat kayo ay nananampalataya kay Allah na inyong Panginoon! Kung kayo ay naparito na nagsisikap na makamtan ang Aking Daan at naghahanap ng Aking Mabuting Kasiyahan, (sila ay huwag ninyong tanggapin bilang inyong mga kaibigan). Kayo ay nakikipag-usap nang lihim sa kanila tungkol sa pag-ibig (at pakikipagkaibigan), samantalang Ako ang nakakabatid ng lahat ninyong ikinukubli at lahat ninyong ipinapahayag. At sinuman sa inyo (na mga Muslim) ang gumawa nito ay katotohanang napaligaw siya (ng malayo) sa tuwid na landas. 2· Kung ibig nilang makuha ang mababuti sa lipon ninyo ay kikilos sila bilang inyong kaaway. At iuunat nila ang kanilang mga kamay at kanilang mga dila ng laban sa inyo tungo sa kasamaan, at sila ay naghahangad na inyong itakwil ang katotohanan 3· Sa Araw ng Paghuhukom, ang inyong mga kamag-anak at inyong mga anak ay walang magiging kapakinabangan sa inyo (laban kay Allah). Siya (Allah) ang hahatol sa pagitan ninyo sapagkat si Allah ay Lubos na Nakakamasid ng lahat ninyong ginagawa.

4· Katotohanang mayroon para sa inyo na mabuting halimbawa (upang inyong sundin) ang makakamtan ninyo kay Abraham at sa kanyang mga kasama, nang sila ay mangusap sa kanilang mga tao: "Kami ay hindi kasangkot

sa inyo at sa anupamang inyong sinasamba maliban pa kay Allah, kami ay nagtakwil sa inyo, at dito ay nag-ugat, sa pagitan namin at ninyo, ang lubusang pagkamuhi at pagkagalit, maliban na kayo ay manampalataya kay Allah at sa Kanya lamang", maliban sa naging pangungusap ni Abraham sa kanyang ama: "Katotohanang aking ipagdarasal kayo tungo sa inyong kapatawaran (mula kay Allah), bagama't wala akong kapangyarihan (na makakuha ng katiyakan) para sa inyong kapakanan mula kay Allah. (Sila ay nagsipanalangin:) "Aming Panginoon! sa Inyo (lamang) kami nagtitiwala at sa Inyo (lamang) kami dumudulog sa pagsisisi, at sa Inyo (lamang) ang aming huling hantungan. 5· Aming Panginoon! Huwag Ninyong ipahintulot na kami ay maging pagsubok sa mga hindi sumasampalataya, bagkus ay Inyong patawarin kami, aming Panginoon! Katotohanang Kayo, at Kayo lamang ang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Pinakamaalam." 6· Katotohanang mayroon sa kanila na isang mabuting halimbawa upang inyong panuntunan, doon sa mga tao na ang pag-asa ay kay Allah at sa Huling Araw. Datapuwa't kung sinuman ang tumalikod, katotohanang si Allah ay hindi nangangailangan ng anupaman, at sa Kanyang lahat (nauukol) ang pagpupuri. 7· Maaaring si Allah ay magkaloob sa inyo ng pagmamahal (at pakikipagkaibigan) sa mga tao na itinuturing ninyo (ngayon) na inyong mga kaaway sapagkat si Allah ang may kapangyarihan (sa lahat ng bagay), at si Allah ang Laging Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

8· Hindi kayo pinagbabawalan ni Allah tungkol sa mga tao na hindi lumalaban sa inyong pananampalataya at hindi nagtataboy sa inyo sa inyong tahanan, na sila ay inyong

pakitunguhan nang mabuti at makatarungan, sapagkat si Allah ay nagmamahal sa mga taong gumagawa ng may katarungan. 9. Si Allah ay nagbabawal lamang sa inyo hinggil sa mga tao na lumalaban sa inyong pananampalataya at nagtataboy sa inyo sa inyong mga tahanan at tumutulong sa iba upang kayo ay mapaalis, si Allah ay nagbabawal sa inyo na kayo ay makitungo sa kanila (sa pakikipaglaban at kaligtasan). At sinuman ang makitungo sa kanila (sa ganitong kalagayan), kung gayon, sila ang Zalimun (mga gumagawa ng kamalian at sumusuway kay Allah).

10. O kayong nagsisisampalataya! Kung may dumarating sa inyo na mga babaeng nagsisilikas, suriin (at bigyang pagsusulit) sila. Si Allah ang tunay na nakakabatid ng kanilang pananampalataya, at kung inyong matiyak na sila ay nananampalataya, sila ay huwag ninyong pabalikin sa mga hindi sumasampalataya. Sila ay hindi naaayon sa batas (na maging asawa) ng mga walang pananampalataya, gayundin naman, hindi naaayon sa batas na ang walang pananampalataya ay maging (asawa) nila. Ngunit bayaran ninyo ang mga hindi sumasampalataya kung anuman ang kanilang ginugol sa kanila bilang dote. At hindi isang kasalanan sa inyo kung nais ninyong mag-asawa sa kanila, kung inyo nang nabayaran ang kanilang dote. 11. At kung sinuman sa inyong mga asawa ang umalis sa inyo at tumungo sa mga hindi sumasampalataya, at mayroon kayong kakayahang (makakuha ng babae sa kabilang panig), kung gayon ay inyong bayaran ang mga lalaking iniwan ng babae, sa halaga na kanilang ginugol (sa kanilang dote), at pangambahan ninyo si Allah; Siya na inyong sinasampalatayanan.

12. O Propeta! Kung ang mga sumasampalatayang babae ay magsilapit sa iyo upang sila ay manumpa sa iyo ng katapatan (Bai'a o pangako), na sila ay hindi magtatambal ng anupaman sa pagsamba kay Allah, na sila ay hindi magnanakaw, na sila ay hindi gagawa ng pangangalunya (o bawal na pakikipagtalik), na sila ay hindi papatay ng kanilang mga anak, na sila ay hindi magsasalita ng paninirang puri, na may paghahangad na gumawa ng kabulaanan (alalaong baga, na sila ay magkaroon ng mga hindi legal na angkin ng kanilang asawa), at sila ay hindi lalabag sa iyo sa anupamang bagay na makatarungan, kung gayon, ay iyong tanggapin ang kanilang katapatan (Bai'a o pangako), at iyong ipagdasal kay Allah ang kapatawaran (ng kanilang mga kasalanan). Katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

13. O kayong nagsisisampalataya! Huwag kayong makitungo (sa pakikipagkaibigan) sa mga tao na ang Poot ni Allah (alalaong baga, ang mga Hudyo) ay nasa kanila. Katiyakang sila ay nasa kawalan ng pag-asa na makatanggap ng anumang mabuti sa Kabilang Buhay, na katulad din ng mga hindi sumasampalataya na nasa kawalan ng pag-asa hinggil sa mga (nakalibing) sa kanilang puntod (na sila ay hindi ibabangong muli sa Araw ng Muling Pagkabuhay).

Ang Mga Moog ng Digmaan

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Kahit anupamang nasa kalangitan at kalupaan, bayaan sila na ipagbunyi ang mga pagpupuri at pagluwalhati kay Allah, sapagkat Siya lamang ang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Pinakamaalam. 2. O kayong mga nananampalataya! Bakit kayo nagsasalita (ng mga bagay) na hindi ninyo tinutupad (ginagawa)? 3. Tunay ngang kasuklam-suklam sa paningin ni Allah na kayo ay nagsasalita (ng mga bagay) na hindi ninyo tinutupad (ginagawa). 4. Katotohanang si Allah ay nagmamahal sa mga tao na nakikipaglaban dahil sa Kanyang Kapakanan, (sa mga hanay) na sama-sama sa digmaan, na tila bang sila ay mga matitibay na moog na nasesementuhan.

5. At (alalahanin), nang si Moises ay nagbadya sa kanyang pamayanan: "O aking pamayanan! Bakit kayo ay hindi tumatalima sa akin, bagama't nababatid ninyo ng may katiyakan na ako ay Tagapagbalita ni Allah na ipinadala sa inyo?" Kaya't nang sila ay napaligaw sa kamalian, ay hinayaan ni Allah na ang kanilang puso ay mapaligaw (sa Kanyang landas) sapagkat si Allah ay hindi namamatnubay sa Fasiqun (mga naghihimagsik sa pagsuway).

6. At (alalahanin) nang si Hesus, ang anak ni Maria, ay nagbadya: "O Angkan ng Israel! Ako ay isang Tagapagbalita ni Allah na ipinadala sa inyo, na nagpapatotoo sa Torah

(mga Batas) na ipinadala (sa inyo) nang una pa sa akin, at nagbibigay sa inyo ng masayang balita ng isang Tagapagbalita na susunod sa akin, ang pangalang itatawag sa kanya ay Ahmad (alalaong baga, ang ibang pangalan ni Propeta Muhammad at ang literal na kahulugan nito [Ahmad] ay "siya na nagpupuri kay Allah ng higit pa sa iba"). Datapuwa't nang siya (Ahmad) ay pumaroon sa kanila na may mga Maliwanag na Katibayan, sila ay nagsipagsabi: "Ito ay isang maliwanag na salamangka!" 7. Sino baga kaya ang higit na gumagawa ng malaking kamalian maliban sa kanya na kumakatha ng kabulaanan laban kay Allah, samantalang siya ay inaanyayahan sa Islam? At si Allah ay hindi namamatnubay sa Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian). 8. Ang kanilang hangarin ay apulahin ang Liwanag ni Allah (alalaong baga, ang Pananampalatayang Islam, ang Qur'an, at Propeta Muhammad), sa (pamamagitan ng pag-ihip) ng kanilang bibig. Datapuwa't si Allah ang magtatapos (ng kapahayagan) ng Kanyang liwanag, kahit na ang mga hindi sumasampalataya ay magsitutol (dito). 9. Siya (Allah) ang nagsugo ng kanyang Tagapagbalita (Muhammad) ng may Patnubay at ng Relihiyon ng Katotohanan (Kaisahan ni Allah sa Islam), upang kanyang maipagbadya ito ng higit sa lahat ng mga relihiyon, kahit na nga ang Mushrikun (mga pagano, mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah at Kanyang Tagapagbalitang si Muhammad) ay sumalansang (dito).

10. O kayong mga nananampalataya! Kayo ba ay aking gagabayan sa isang mabuting kalakal na makakapagligtas sa inyo sa kasakit-sakit na kaparusahan. 11. Na kayo ay

magsisampalataya kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita (Muhammad), at kayo ay magsipagsikhay na mabuti (sa inyong kaya) tungo sa Kapakanan ni Allah, sa pamamagitan ng inyong mga ari-arian at inyong buhay. Ito ay higit na mabuti sa inyo, kung inyo lamang nalalaman! 12. (Kung inyong gawin), Siya ay magpapatawad sa inyo ng inyong mga kasalanan at Kanyang tatanggapin kayo sa Hardin na sa ilalim nito ay may mga batis na nagsisidaloy at sa magagandang Bahay ng Halamanan ng walang hanggan (Paraiso), ito ay katotohanang Pinakasukdol na Tagumpay (na inyong makakamit). 13. At gayundin (ay magkakaloob Siya) ng iba pang (pabuya) na inyong inaasam, - tulong na mula kay Allah at dagliang tagumpay. Kaya't ipamahagi ang magandang balita (O Muhammad) sa mga sumasampalataya.

14. O kayong nananampalataya! Kayo ba ay makakatulong ni Allah? Na katulad nang sinabi ni Hesus, ang anak ni Maria, sa kanyang mga disipulo: "Sino ang aking makakatulong (sa mga gawain) sa (Kapakanan) ni Allah? At ang mga disipulo ay sumagot: "Kami ang makakatulong ni Allah!" At ang isang bahagi ng Angkan ng Israel ay sumampalataya, at ang isang bahagi ay nagsitalikod. Subalit binigyan Namin ng kapangyarihan ang mga sumasampalataya laban sa kanilang mga kaaway, at sila ang mga nagsipagtagumpay.

Biyernes

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Maging anupaman ang nasa kalangitan at kalupaan ay lumuluwalhati kay Allah, - ang Hari (ng lahat ng bagay), ang Banal, ang Puspos ng Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan. 2. Siya (Allah) ang nagsugo sa mga hindi nakapag-aral ng isang Tagapagbalita (Muhammad) mula sa kanilang lipon, upang kanyang dalitin sa kanila ang Kanyang mga Talata, upang sila ay maging dalisay (sa kawalan ng pananalig at pagsamba sa mga diyus-diyosan) at sila ay mapatnubayan ng Aklat ng Karunungan (ang Qur'an, mga Batas Islamiko, Sunnah-mga salitain ni Propeta Muhammad). Katotohanang sila nang panahong sinauna ay nasa lantad na kamalian. 3. At Kanyang isinugo rin siya (si Propeta Muhammad) sa mga iba pang (Muslim) na hindi pa sumasama sa kanila (datapuwa't sila ay darating) . At Siya ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakamaalam. 4. Ito ang Biyaya ni Allah na Kanyang ipinagkakaloob sa sinumang Kanyang maibigan. At si Allah ang Naghahawak ng Walang Maliw na Biyaya.

5. Ang nakakatulad nila na pinagkatiwalaan ng (mga tungkulin) ng Torah (mga Batas, alalaong baga, ang sumunod sa pag-uutos nito at magsagawa nito), ngunit hindi naglaon ay nabigo sa ganitong mga tungkulin, ay katulad ng asno na nagpapasan ng malaking dalahin

ng mga aklat (ngunit walang nauunawaan sa mga ito). Kasamaan ang nakakawangki ng mga tao na nagtatatwa ng Ayat (mga kapahayagan, katibayan, aral, talata, atbp.) ni Allah, at si Allah ay hindi namamatnubay sa Zalimun (mga gumagawa ng kamalian, mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, sa Kanyang mga Tagapagbalita, sa Kanyang mga Aklat, atbp.). 6. Ipagbadya (O Muhammad): "O kayong mga Hudyo! Kung kayo ay nagkukunwari bilang mga kaibigan ni Allah, na nagbubukod sa (lahat) ng sangkatauhan, kung gayon ay magnais kayo ng kamatayan kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan." 7. Datapuwa't hindi sila magnanais nito (kamatayan), dahilan sa (mga gawa) ng kanilang kamay kung saan sila inihantong noong una! At si Allah ang lubos na nakakabatid sa Zalimun (mga mapaggawa ng kasalanan, mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig kay Allah, atbp.). 8. Ipagbadya (sa kanila): "Katotohanan, ang kamatayan na inyong tinatakasan ay walang pagsalang daratal sa inyo, at kung magkagayon, kayo ay muling ibabalik (kay Allah), ang Lubos na Nakakaalam ng lahat ng mga nalilingid at nakalantad, at Siya ang magsasabi sa inyo kung ano ang inyong ginawa."

9. O kayong mga nagsisisampalataya (mga Muslim): Kung ang panawagan sa pagdarasal sa araw ng Biyernes (Al-Jumuah) ay ipinagbadya sa inyo, magmadali na may pagsusumamo sa pag-aala-ala kay Allah (pangaral sa pananampalataya at panalangin), at talikdan ninyo ang kalakal at iba pang bagay, ito ay higit na mainam sa inyo kung inyo lamang nababatid. 10. At kung ang pagdarasal (Jumuah) ay natapos na, kayo ay malaya na magsipangalat

sa kalupaan at magsihanap ng Kanyang mga Biyaya (sa pamamagitan ng pagtatrabaho), at lagi ninyong alalahanin si Allah upang kayo ay magsipagtagumpay. 11. Datapuwa't kung sila ay nakakakita ng mga paninda na mura at mga paglilibang (tunog ng tambol, atbp.), sila ay dagliang pumupunta roon, at ikaw (O Muhammad) ay iniiwan nila na nakatayo (habang ikaw ay nagpapaala-ala sa pangangaral). Ipahayag: "Higit na mabuti ang nasa kay Allah kaysa sa anumang paglilibang at murang paninda!" At si Allah ang Pinakamahusay sa mga nagkakaloob.

Surah 63 • Al-Munafiqun

Ang Mga Mapagkunwari

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Kung ang mga mapagkunwari ay nagsisilapit sa iyo (O Muhammad), sila ay nagsasabi: "Kami ay nagpapatotoo na tunay ngang ikaw ay Tagapagbalita ni Allah." Katotohanang si Allah ang nakakaalam na ikaw ay tunay Niyang Tagapagbalita, at si Allah ang nagpapatotoo na ang mga mapagkunwari ay katotohanang mga sinungaling. 2. Kanilang ginawa ang kanilang mga panunumpa (pangako) bilang isang pangubli (ng kanilang mga pagkukunwari); kaya't kanilang hinahadlangan (ang mga tao) tungo sa Landas ni Allah. Katotohanan, ang kanilang mga gawa ay kasamaan. 3. Ito'y sa dahilang sila ay nagsisampalataya, at

muli ay nagtakwil sa pananampalataya, kaya't ang kanilang puso ay natakpan, at sa gayon sila ay hindi nakakaunawa.

4· Kung pagmamasdan mo sila, ang kanilang panglabas na katawan ay nakakaakit sa iyo, at kung sila ay nagsisipangusap, ikaw ay nakikinig sa kanilang mga salita. Sila ay mga walang halaga na tulad ng kahoy (na walang laman sa loob) na (hindi makakatayo sa kanilang sarili). Sila ay nag-aakala na ang bawat panambitan ay laban sa kanila. Sila ay mga kaaway, kaya't magsipag-ingat sa kanila. Ang kaparusahan (at poot) ni Allah ay mapapasakanila. Paano sila nagtatwa (o napaligaw) sa katotohanan? 5· At kung ipinangungusap sa kanila: "Halina kayo, upang ang Tagapagbalita ni Allah ay manalangin tungo sa inyong kapatawaran mula kay Allah", ay kanilang ibinabaling ang kanilang ulo at inyong mapagmamasdan sila na tumatalikod na ang kanilang mukha ay tigib ng pagmamataas. 6· Ito ay magkatulad sa kanila kahit na sila ay iyong ipagdasal (O Muhammad) tungo sa kanilang kapatawaran o hindi ka humingi sa kanilang kapatawaran. Katotohanang si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na Fasiqun (mapaghimagsik at palasuway kay Allah).

7· Sila ang mga nagsasabi: "Huwag kayong gumugol ng anuman sa mga tao na kapanalig ng Tagapagbalita ni Allah, hanggang sa siya ay iwanan nila." At si Allah ang nag-aangkin ng mga kayamanan ng kalangitan at kalupaan, datapuwa't ang mga mapagkunwari ay hindi nakakaunawa. 8· Sila na (mga mapagkunwari) ay nagsasabi: "Kung kami ay babalik sa Al-Madinah, katotohanan, ang higit na kapita-pitagan (Abdullah Bin Ubaiy Bin Salul), ang pinuno ng mga mapagkunwari sa Al-Madinah ay makapagpapaalis

sa mababa (alalaong baga, ang Tagapagbalita ni Allah). Datapuwa't ang karangalan ay nalalaan kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita at sa mga sumasampalataya, subalit ang mga mapagkunwari ay hindi nakakabatid.

9. O kayong nagsisisampalataya! Huwag ninyong hayaan na ang inyong mga kayamanan at ang inyong mga anak ay makahadlang sa inyo upang alalahaning lagi si Allah. At kung sinuman ang gumawa ng gayon, sila ang mga talunan. 10. At gumugol kayo ng halaga (sa kawanggawa) mula sa mga biyaya na Aming ipinagkaloob sa inyo, bago sumapit ang kamatayan sa sinuman sa inyo at siya ay magsabi: "O aking Panginoon! Kung ako ay bibigyan lamang Ninyo ng kaunting panahon na makabalik (sa buhay sa mundong ito), kung gayon, ako ay magkakaloob ng Sadaqa (alalaong baga, ng Zakah,- katungkulang kawanggawa), mula sa aking kayamanan, at nang ako ay maging isa sa mga mapaggawa ng kabutihan (alalaong baga, ang makapagsagawa ng Hajj, - Pilgrimahe sa Makkah). 11. Datapuwa't walang sinumang kaluluwa ang pagkakalooban ni Allah ng palugit kung ang itinakdang panahon (kamatayan) ay sumapit na sa kanya. At si Allah ang Lubos na Nakakaalam ng lahat ninyong ginagawa.

Ang Pagkalugi at Pakinabang sa Isa't Isa

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ang anupamang nasa kalangitan at kalupaan ay nagpapahayag ng mga pagpupuri at kaluwalhatian ni Allah. Sa Kanya ang Paghahari at Siya ang nag-aangkin ng lahat ng mga papuri at pasasalamat, at Siya ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay. 2. Siya (Allah) ang lumikha sa inyo, at sa lipon ninyo ay may mga hindi sumasampalataya, at ang iba sa inyo ay nananampalataya. At si Allah ang Lubos na Nakakamasid ng lahat ninyong ginagawa. 3. Nilikha Niya ang kalangitan at kalupaan ng may katotohanan, at Kanyang binigyan kayo ng anyo at ginawa Niya na maganda ang inyong hubog, at sa Kanya ang huling pagbabalik. 4. Talastas Niya kung ano ang nasa kalangitan at kalupaan, at batid Niya kung ano ang inyong inililihim at inilalantad. Katotohanang si Allah ang Lubos na Nakakaalam ng lahat ng mga (lihim) ng puso (ng mga tao).

5. Hindi baga nakarating sa inyo ang balita ng mga tao ng nagdaang kahapon na nagtakwil sa pananampalataya? Kaya't kanilang nalasap ang masamang bunga ng kanilang kawalan ng pananalig, at sasakanila ang kasakit-sakit na kaparusahan. 6. Ito'y sa dahilang ipinadala sa kanila ang kanilang mga Tagapagbalita na may Maliliwanag na Katibayan (mga Tanda), datapuwa't sila ay nagsabi: "Isang tao baga (lamang) ang mamamatnubay sa amin?" Kaya't

itinakwil nila ang pahayag at nagsitalikod (sa Katotohanan), at si Allah ay hindi nangangailangan (sa kanila). At si Allah ay Masagana (Walang Pangangailangan), ang Karapat-dapat sa lahat ng pagpupuri.

7. Ang mga hindi sumasampalataya ay nagkukunwari na sila ay hindi ibabangong muli (sa pagsusulit). Ipagbadya (O Muhammad): "Tunay nga, sa pamamagitan ng aking Panginoon, walang pagsala na kayo ay ibabangong muli, at sa inyo ay ipapahayag (ang katotohanan at kabayaran) ng lahat ninyong ginawa, at ito ay lubhang magaan kay Allah". 8. Samakatuwid, magsisampalataya kayo kay Allah at sa kanyang Tagapagbalita (Muhammad), at sa Liwanag (ang Qur'an) na Aming ipinanaog. At si Allah ang Lubos na Nakakaalam ng lahat ninyong ginagawa. 9. (At alalahanin) ang Araw na Kanyang ihahanay kayong (lahat) sa Araw ng Pagtitipon, - ito ang Araw ng Pagkalugi at Pakinabang sa isa't isa (alalaong baga, ito ay pagkalugi sa mga hindi sumasampalataya sapagkat sila ay papasok sa Apoy ng Impiyerno, at pakinabang sa mga sumasampalataya sapagkat sila ay papasok sa Paraiso). At sinuman ang sumampalataya kay Allah at nagsisigawa ng katuwiran at kabutihan ay ipapatawad Niya sa kanila ang kanilang mga kasalanan, at Kanyang tatanggapin sila sa Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso), upang manahan dito magpakailanman, ito ang Tugatog ng Tagumpay. 10. Datapuwa't sila na nagtatakwil ng pananampalataya (alalaong baga, sa Kaisahan ni Allah) at nagtuturing sa Aming Ayat (mga katibayan, kapahayagan, aral, talata, atbp.) na walang katotohanan, sila ang magsisipanirahan sa

Apoy, upang manahan dito magpakailanman. At tunay na napakasama ang gayong hantungan.

11. Walang anumang uri ng kapinsalaan ang may pangyayari malibang pahintulutan ni Allah (alalaong baga, ang pagpapasya at maka-Diyos na pag-uutos), at kung sinuman ang sumasampalataya kay Allah, Siya ang mamamatnubay sa kanilang puso (sa tunay na Pananampalataya ng may katiyakan, alalaong baga, ang anumang sumapit sa kanya ay naisulat na ni Allah para sa kanya), at si Allah ang nakakabatid ng lahat ng bagay. 12. Kaya't sundin ninyo si Allah at sundin ang Kanyang Tagapagbalita (Muhammad), datapuwa't kung kayo ay magsitalikod, ang tungkulin lamang ng Aming Tagapagbalita ay upang ihatid lamang sa inyo (ang Mensahe) na lantad at maliwanag. 13. Si Allah! La ilaha ill Allah (Wala ng iba pang Diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah), at kay Allah (lamang), kaya't hayaan ang mga sumasampalataya ay magtiwala sa Kanya.

14. O kayong nagsisisampalataya! Katotohanang sa lipon ng inyong mga asawa at inyong mga anak ay mayroong mga kaaway sa inyo (alalaong baga, maaari na may pumigil sa inyo sa pagsunod kay Allah), kaya't inyong pag-ingatan sila! Subalit kung sila ay inyong patawarin at hayaan, at pagtakpan ang kanilang (mga kamalian), kung gayon, katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 15. Ang inyong kayamanan at inyong mga anak ay isa lamang pagsubok, subalit kay Allah, nasa Kanya ang Pinakadakilang gantimpala (Paraiso)! 16. Kaya't panatilihin ninyo ang inyong tungkulin kay Allah (at pangambahan Siya) sa pinakamabuti na inyong magagawa;

makinig at sumunod; at gumugol sa kawanggawa tungo sa kapakanan ng inyong sariling kaluluwa. At sinuman ang iligtas ng kanyang sariling kaluluwa sa pagkagahaman, kung gayon, sila ang magkakamit ng kasaganaan. 17. Kung kayo ay magpapautang kay Allah ng isang magandang pautang (alalaong baga, ang gumugol sa Kapakanan ni Allah), ay tutumbasan Niya ito ng dalawang ulit (sa inyong kapakinabangan), at Kanyang pagkakalooban kayo ng kapatawaran. At si Allah ay Tigib ng Pagpapasalamat, ang Mapagparaya. 18. Ang Lubos na Nakakabatid ng lahat ng mga nakalingid at nakalantad, ang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Puspos ng Karunungan.

Surah 65 • At-Talaq

Ang Diborsyo o Paghihiwalay

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. O Propeta! Kung kayo ay magdidiborsyo ng mga babae, inyong diborsyuhin sila sa kanilang Iddah (natatakdaang panahon), at inyong bilangin ng buong katumpakan ang kanilang Iddah (natatakdaang panahon), at inyong pangambahan (O mga Muslim) si Allah na inyong Panginoon, at sila ay huwag ninyong itaboy sa kani-kanilang tahanan, at huwag din naman na hayaang sila ay umalis, maliban na lamang kung sila ay nagkakasala ng lantad na kalaswaan (bawal na pakikipagtalik). At ito ang mga hangganan na itinakda ni Allah at sinuman ang lumabag

sa mga hangganan ni Allah ay katotohanang nagpahamak ng kanyang sariling kaluluwa. Kayo (na nagdiborsyo ng kanyang asawa) ay hindi nakakabatid na maaaring si Allah, makaraan ito, ay magkaloob ng bagong bagay na mangyayari (alalaong baga, ang ibalik siyang muli [asawa] sa inyo kung ito ang una at pangalawang pagdidiborsyo). 2· Kaya't kung naganap na nila ang kanilang natatakdaang panahon, mangyaring muli na sila ay inyong tanggapin o maghiwalay kayo sa makatarungang paraan at kumuha kayo ng dalawang saksi mula sa inyo (mga Muslim) na makatarungan, at inyong itampok ang katibayan sa harap ni Allah. Ito ang mga tagubilin na ibinigay sa kanya na sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw. At sinuman ang mangamba kay Allah at panatilihin ang kanyang tungkulin sa Kanya, Siya ang magbibigay sa kanya ng lunas sa lahat ng mga kahirapan. 3· At ipagkakaloob Niya (ito) sa kanya mula (sa panggagalingan) na hindi niya napag-aakala. At kung sinuman ang magkaloob ng kanyang pagtitiwala kay Allah ay sapat na si Allah para sa kanya. Katotohanang si Allah ay walang pagsalang makapagpapatupad ng Kanyang naisin. Katotohanang sa lahat ng bagay, si Allah ay nagtakda ng ganap at tumpak na sukat.

4· At sa inyong mga kababaihan na lumagpas na sa panahon ng kanilang buwanang dalaw, ang Iddah (natatakdaang panahon) para sa kanila, kung kayo ay may alinlangan (tungkol sa kanilang panahon), ay tatlong buwan, at sa mga wala pang buwanang dalaw (alalaong baga, bata pa o matanda na), ang kanilang Iddah (natatakdaang panahon) ay gayon din naman, malibang ang sanhi ay kamatayan. At sa mga may dinadalang buhay sa kanilang sinapupunan

(kahit na sila ay diborsyada na o patay na ang kanilang asawa), ang kanilang Iddah (natatakdaang panahon), ay hanggang sila ay makapagluwal ng kanilang dinadala. At sa mga may pangangamba kay Allah (at nagpapanatili ng kanyang tungkulin sa Kanya), ay gagawin Niya na magaan sa kanila ang daan. 5· Ito ang Pag-uutos ni Allah na Kanyang ipinanaog sa inyo, at sinuman ang may pagkatakot kay Allah (at nagpapanatili ng kanyang tungkulin sa Kanya) ay lulunasan Niya ang kanyang mga karamdaman at suliranin (mga kasalanan) at pag-iibayuhin Niya ang kanyang gantimpala.

6· Hayaan ang mga nadiborsyong babae ay manahan kung saan kayo tumitira, ng ayon sa inyong kakayahan, at sila ay huwag ninyong pakitunguhan sa masamang paraan, upang sila ay mapilitan na umalis. At kung sila ay may dinadalang buhay sa kanilang sinapupunan, kung gayon, kayo ay gumugol ng inyong yaman sa kanila hanggang sila ay makapagluwal ng kanilang dinadala, at kung sila ay nagpapasuso ng inyong supling ay inyong bigyan sila ng kabayaran at kayo ay magpaalalahanan (at magpayo) sa isa't isa kung ano ang makatarungan at makatuwiran, datapuwa't kung kayo ay malagay sa kahirapan, hayaan ang ibang babae ang magpasuso para sa kanya (sa kapakanan ng ama ng bata). 7· Hayaan ang lalaki na may kakayahan ay gumugol ng ayon sa kanyang kakayahan, at ang lalaki na ang pinagkukunan (ng kabuhayan) ay sapat-sapat lamang, hayaang gumugol siya ng ayon sa anumang ipinagkaloob sa kanya ni Allah. Si Allah ay hindi magbibigay ng pasakit (o dalahin) sa isang tao ng higit sa ipinagkaloob Niya sa kanya.

At pagkatapos ng kahirapan, si Allah ang magkakaloob sa kanya ng kaginhawahan.

8. At gaano karami sa sangkatauhan ang lantarang sumasalansang sa Pag-uutos ng kanyang Panginoon at ng Kanyang mga Tagapagbalita, at Aming tinawag sila sa matinding pagsusulit (alalaong baga, kaparusahan sa mundong ito). At ipapataw Namin sa kanila ang isang kalagim-lagim na kaparusahan (sa Impiyerno sa Kabilang Buhay). 9. At kanilang nalasap ang masamang kinasapitan ng kanilang mga gawa (kawalan ng pananalig) at ang kinahinatnan ng kanilang kawalan ng pananalig ay pagkalugi (kapinsalaan sa buhay na ito at walang hanggang kapahamakan sa Kabilang Buhay) 10. Si Allah ang naghanda para sa kanila ng isang kasakit-sakit na kaparusahan (sa Kabilang Buhay). Kaya't inyong pangambahan si Allah at panatilihin ang inyong tungkulin sa Kanya, O mga tao na may pang-unawa at nagsisampalataya! Sapagka't si Allah ay katotohanang nagpapanaog sa inyo ng isang Paala-ala (ang Qur'an), 11. (At nagparating din sa inyo) ng isang Tagapagbalita (Muhammad), na nagpapaala-ala at dumadalit sa mga Talata ni Allah (ang Qur'an), na nagtataglay ng malilinaw na paliwanag upang kanyang maakay ang mga sumasampalataya at nagsisigawa ng katuwiran mula sa kailaliman ng kadiliman (ng pagsamba sa mga diyus-diyosan at kawalan ng pananalig) sa kaliwanagan (Kaisahan ni Allah at Tunay na Pananampalataya). At sa mga nananampalataya kay Allah at nagsisigawa ng kabutihan ay Kanyang tatanggapin sila sa mga Hardin na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso) upang manahan dito

magpakailanman. Katotohanang si Allah ang nagkaloob sa kanila ng katangi-tanging kabuhayan.

12. Si Allah ang lumikha ng pitong kalangitan at ng kalupaan sa gayong ding bilang (pito). Ang Kanyang pag-uutos ay bumababa sa pagitan nila (ng langit at lupa), upang inyong maalaman na si Allah ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay at si Allah ang Nakakaalam ng lahat ng bagay sa (Kanyang karunungan).

SURAH 66 • AT-TAHRIM

ANG PAGBABAWAL

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. O Propeta! Bakit mo ipinagbabawal (sa iyong sarili) ang ipinagkaloob sa iyo ni Allah na Kanyang pinahihintulutan, na ikaw ay naghahangad na maging maligaya ang iyong mga asawa? At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. 2. Si Allah ang nagtadhana sa inyo (O mga kalalakihan) na pawalang bisa ang inyong panata (pangako). At si Allah ang inyong Maula (Tagapagtanggol, Panginoon, atbp.), at Siya ang may Lubos na Karunungan, ang Pinakamaalam.

3. At (alalahanin) nang ang Propeta ay nagsiwalat ng bagay na dapat ingatan (at ilihim) sa isa sa kanyang mga asawa (si Hafsa), at ipinagtapat din naman (ng kanyang asawa sa iba pa, kay Aisha), at ginawa ni Allah na kanya itong mapag-alaman, at hinayaan niyang mapag-alaman

(ng kanyang asawa) ang bahagi nito at hindi niya isiniwalat ang ibang bahagi. At nang kanyang ipagtapat (sa kanyang asawang si Hafsa) ang mga ito, siya (Hafsa) ay nagsabi: " Sino ang nagpahayag sa iyo ng mga ito? Siya (ang Propeta) ay nagsabi: "Siya (Allah) na Puspos ng Karunungan, ang Ganap na Nakakaalam, ang nagpahayag sa akin." 4· At kung kayong dalawa (na mga asawa ng Propeta, si Aisha at Hafsa) ay dumulog sa pagsisisi kay Allah (ito ay higit na mainam sa inyo), sapagkat ang inyong puso ay katotohanang nagnanais (na tutulan ang naiibigan ng Propeta), datapuwa't kung kayo ay magtulungan sa isa't-isa ng laban sa kanya (Muhammad), kung gayon, katotohanang si Allah ang kanyang Maula (Tagapagtanggol, Panginoon, Tagapangalaga, atbp.), at si Gabriel, at ang mga matutuwid sa lipon ng nananampalataya, at bukod pa rito, ang mga anghel ang kanyang kawaksi. 5· Maaaring mangyari na kung kayong (lahat) ay diborsiyuhin niya, ang kanyang Panginoon ay magkakaloob sa kanya sa halip ninyo, ng mga asawa na higit na mainam sa inyo, mga Muslim (na sumusuko kay Allah), na nananampalataya at matimtiman, na mapagsisi, na sumasamba ng buong kababaan at lumilikas (sa ibang lugar) tungo (sa Kapakanan ni Allah), at nag-aayuno maging balo man o dalaga.

6· O kayong nagsisisampalataya! Iadya ninyo ang inyong sarili at inyong mga kaanak sa Apoy (ng Impiyerno) na ang panggatong ay mga tao at bato, na rito ay nakatalaga ang mga anghel na malupit at mahigpit na hindi sumusuway sa pagsunod sa anumang pag-uutos na kanilang tinatanggap mula kay Allah, bagkus ay gumagawa ng ayon sa anumang sa kanila ay ipinag-uutos. 7· (At sa Kabilang Buhay ay

ipagtuturing): "O kayong hindi nananampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam)! Huwag kayong gumawa ng mga dahilan (ng pag-iwas) sa Araw na ito! Kayo ay binayaran lamang bilang kapalit ng inyong mga ginawa!"

8. O kayong nagsisisampalataya! Magsibaling kayo kay Allah ng may matapat na pagsisisi! At umasam na ang inyong Panginoon ay magpapatawad sa inyo ng inyong kasalanan at Kanyang tatanggapin kayo sa Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso), sa Araw na si Allah ay hindi magpapahintulot na ang Propeta (Muhammad) ay hamakin, gayundin ang mga nananalig sa kanya. Ang kanilang Liwanag ay magsisitakbo sa kanilang harapan na kasama (ang kanilang Talaan, ang mga aklat ng gawa) sa kanilang kanang kamay, sila ay magsasabi: "Aming Panginoon! Inyong ganapin ang (aming) Liwanag sa amin (at huwag Ninyo itong patdin hanggang kami ay hindi nakakalampas sa Sirat [isang madulas na Tulay sa ibabaw ng Impiyerno] na ligtas) at ipagkaloob Ninyo sa amin ang Kapatawaran. Katotohanang Kayo ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

9. O Propeta (Muhammad)! Magsumikap kang maigi laban sa mga hindi sumasampalataya at sa mga mapagkunwari, at maging matatag laban sa kanila. Ang kanilang pananahanan ay Impiyerno. Katotohanang pagkasama-sama ng gayong hantungan. 10. Si Allah ay nagturing ng isang halimbawa sa mga hindi sumasampalataya, ang asawa ni Noe at asawa ni Lut. Sila ay kapwa nasa pagtangkilik ng Aming matutuwid na Tagapaglingkod, datapuwa't sila ay hindi tapat sa kanilang asawa (sa dahilang tinututulan nila ang kanilang pagtuturo), kaya't sila (Noe at Lut) ay walang napakinabang

(sa kanilang ginawa sa harapan ni Allah), at sila (asawa ni Noe at Lut) ay pinagsabihan: "Magsipasok (kayo) sa Apoy na kasama nila na nagsisipasok."

11. At si Allah ay nagturing ng isang halimmbawa sa mga sumasampalataya, ang asawa ni Paraon, nang siya ay manikluhod: "Aking Panginoon! Inyong ipagtayo ako ng isang Tahanan sa Halamanan na malapit sa Inyo at ako ay Inyong iligtas kay Paraon at sa kanyang gawa, at Inyong iligtas ako sa mga tao na Zalimun (mga mapaggawa ng kasamaan, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig kay Allah). 12. At si Maria, na anak na babae ni Imran na nangangalaga sa kanyang kalinisan (sa kapurihan); at Aming hiningahan (ang manggas ng kanyang damit) sa pamamagitan ng Aming Ruh (alalaong baga, si Gabriel), at siya ay nagpatotoo sa katotohanan ng mga Salita ng kanyang Panginoon (alalaong baga, ang pagsampalataya sa Salita ni Allah: "Mangyari nga!", ito si Hesus na anak ni Maria, bilang isang Tagapagbalita ni Allah), at gayundin (ang pagsampalataya) sa kanyang mga Kasulatan, siya ay isa sa mga Qanitin (matimtimang tagapaglingkod).

Surah 67 • Al-Mulk

Ang Paghahari sa Kapamahalaan

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Luwalhatiin Siya na nag-aangkin ng Paghahari sa kapamahalaan sa Kanyang mga Kamay at Siya ay may

kapangyarihan sa lahat ng bagay. 2· Siya na lumikha ng kamatayan at buhay upang masubukan Niya kung sino sa inyo ang pinakamabuti sa asal (at pag-uugali), at Siya ang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Lubos na Mapagpatawad. 3· Siya na lumikha ng pitong kalangitan sa magkakasunod na antas. Ikaw ay walang mapagmamalas na kamalian (o pangangailangan) sa mga Likha ng Diyos na Pinakamapagbigay. Kaya't muli mong ibaling ang iyong paningin: "Ikaw ba ay nakakamalas ng punit o siwang (kaguluhan)?" 4· Kaya't muli mong malasin at muli sa ibang araw, ang iyong paningin ay magbabalik sa iyo na mapanglaw at nanghihina at naririmlan.

5· At katotohanang ginayakan Namin ang pinakamababang kalangitan ng mga pananglaw at ginawa Namin ang gayong mga ilaw (bilang) mga pamuksang sandata upang itaboy ang masasama (mga diyablo), Aming inihanda sa kanila ang Kaparusahan ng Naglalagablab na Apoy. 6· At sa mga nagtatakwil sa kanilang Panginoon at Tagapagtaguyod (Allah), sasakanila ang Kaparusahan ng Impiyerno at tunay na pagkasama-sama ng gayong patutunguhan. 7· At kung sila ay ihulog na rito, ay mapapakinggan nila ang (kalagim-lagim) na pagngangalit nito habang ito ay kumukulo at naglalagablab. 8· Na halos sumabog na sa pagkagalit. Sa tuwing may pangkat ng mga tao na inihahagis dito, ang kanyang Tagapagbantay ay nagtatanong: "Hindi baga dumatal sa inyo ang isang Tagapagbabala (at Tagapagpaala-ala)? 9· At sila ay magsasabi: "Katotohanan, ang Tagapagbabala ay dumatal sa amin datapuwa't aming itinakwil siya at nagsabi: Si Allah ay hindi kailanman nagpahayag ng anuman sa amin at ikaw ay walang halaga at

nahihibang (sa kamalian).” 10. At sila ay muling magsasabi: “Kung nakinig lamang kami at gumamit ng aming pag-iisip, hindi sana kami magsisitahan sa Naglalagablab na Apoy!” 11. Kaya’t aaminin nila ang kanilang mga kasalanan, datapuwa’t malayo sa kapatawaran (at habag) ang mga nagsisitahan sa Naglalagablab na Apoy.

12. Katotohanang sila na may pagkatakot sa kanilang Panginoon (sa kanilang puso, alalaong baga, hindi man nila nakikita Siya at ang Kanyang kaparusahan sa Kabilang Buhay, atbp.), sasakanila ang kapatawaran at malaking gantimpala (Paraiso). 13. At kahit na ilihim mo pa ang iyong salita o ihayag man ito, katotohanang Siya ang may ganap na kaalaman sa nilalaman ng dibdib (ng mga tao). 14. Hindi baga Niya talastas kung ano ang Kanyang nilikha? Siya ang nakakaalam ng anumang hibla ng kahiwagaan at may ganap na pang-unawa (sa lahat ng bagay).

15. Siya (Allah) ang gumawa na ang kalupaan ay inyong maayos (alalaong baga, na maging madali sa inyo ang lumakad, makapamuhay, makapagtanim, atbp.), kaya’t inyong tahakin ang mga landas nito at inyong tamasahin ang mga biyaya na Kanyang ipinagkaloob, at sa Kanya ang Muling Pagkabuhay. 16. Hindi ka ba nakadarama ng kapanatagan na Siya na nasa Sangkalangitan ay hindi magpapahintulot na ikaw ay lagumin ng lupa kung ito ay mayanig sa paglindol? 17. O hindi ka ba nakadarama ng kapanatagan na Siya na nasa Sangkalangitan ay hindi magpaparating laban sa iyo ng nag-aalimpuyong bagyo? At inyong mapag-alaman kung gaano kasindak-sindak ang Aking babala? 18. Katotohanan, ang mga tao na nangauna sa kanila ay nagsipagtakwil (sa Aking babala, alalaong baga,

sa mga Tagapagbalita ni Allah). Pagmasdan kung gaano kasakit-sakit ang Aking pagkapoot sa kanila?

19. Hindi baga nila napagmamasdan ang mga ibon sa kaitaasan na ibinubuka at itinitiklop ang kanilang pakpak? Wala ng iba pang makakapagpanatili nito maliban kay Allah na Pinakamapagbigay. Katotohanang Siya ang Nakakamasid sa lahat ng bagay. 20. At sino baga kaya ang makakatulong sa inyo kahit na nga yaon ay isang sandatahang pangkat, maliban kay Allah na Mapagkaloob? Ang mga hindi sumasampalataya ay walang pinanghahawakan maliban sa pag-aakala na walang saysay. 21. At sino baga kaya ang makakapagbigay sa inyo ng inyong pangangailangan kung ninais Niya na ipagkait sa inyo ang Kanyang biyaya? Tunay ngang namihasa sila sa kawalan ng kabanalan at sila ay tumatalilis (sa Katotohanan).

22. Siya baga na lumalakad sa kahabaan (ng landas) na ang kaniyang mukha (paningin) ay nangangapa ay mainam na napapatnubayan? O siya kaya na (nakakakita) at lumalakad nang panatag sa Tuwid na Landas (alalaong baga sa paniniwala sa Kaisahan ni Allah)? 23. Ipagbadya: "Siya ang lumikha sa inyo (at sumubaybay sa inyong paglaki) at naggawad sa inyo ng inyong pandinig at paningin at pandama at pang-unawa. Kakarampot lamang ang pasasalamat na inyong isinusukli!" 24. Ipagbadya : "Siya ang nagparami sa inyong bilang (at angkan) dito sa sangkalupaan at sa Kanya ay titipunin kayo ng sama-sama (sa Kabilang Buhay).

25. Sila ay nagsisipag-usisa: "Kailan baga kaya magaganap ang pangakong yaon (alalaong baga, ang Araw ng Pagkabuhay)?, kung ikaw ay nagsasaysay ng katotohanan." 26. Ipagbadya (O Muhammad): "Ang kapamahalaan (ng

takdang oras nito) ay tanging na kay Allah lamang. Ako ay isinugo lamang bilang isang Tagapagpaala-ala sa inyo.” 27. (At sa kalaunan), kung kanilang mahinuha na sasapit na (ang kaparusahan ng Araw ng Muling Pagkabuhay), ang mukha ng mga hindi sumasampalataya ay mangapupuspos ng lumbay (kalungkutan at pighati), at sa kanila ay ipagtuturing : “Ito ang pangako na inyong hinihiling noon!” 28. Ipagbadya (O Muhammad): “Napag-aakala ba ninyo na kung si Allah ay pupuksa sa akin at sa aking mga kasama, o kung Siya ay maggawad ng Kanyang Habag sa atin, sino baga kaya ang makakapagligtas sa mga hindi sumasampalataya sa kasakit-sakit na Kaparusahan?” 29. Ipagbadya: “Siya ang Diyos na Pinakamahabagin. Sa Kanya kami ay sumasampalataya at sa Kanya ay aming ipinapaubaya ang aming pagtitiwala. At hindi maglalaon ay inyong mapag-aalaman kung sino sa atin ang nasa lantad na kamalian.” 30. Ipagbadya (O Muhammad): “Napag-aakala ba ninyo na kung ang lahat ng tubig ay masaid sa kalupaan, sino baga kaya ang makakapagbigay sa inyo ng tubig na malinaw na umaagos?”

Surah 68 • Al-Qalam

Ang Panulat

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Nun (titik Na).

Sa pamamagitan ng Panulat at sa isinulat (ng mga anghel)

sa (Talaan ng mga tao). 2. Ikaw nga (O Muhammad), sa pamamagitan ng biyaya ng iyong Panginoon ay hindi isang baliw. 3. Katotohanan na sasaiyo (O Muhammad), ang gantimpala na walang maliw. 4. At katotohanang ikaw (O Muhammad) ay nag-aangkin ng kapuri-puring asal at mataas na pamantayan ng pag-uugali. 5. Hindi maglalaon na iyong mapagmamasdan at kanilang mapagmamasdan, 6. Kung sino sa inyo ang inaalihan ng pagkabaliw. 7. Katotohanan, ang iyong Panginoon ang lubos na nakakaalam kung sino (sa karamihan ng mga tao) ang napaligaw sa Tamang Landas at lubos Niyang talastas kung sino sa inyo ang sumusunod sa Tamang Patnubay.

8. Kaya't huwag mong sundin (O Muhammad) ang mga nagtatatwa (sa Kaisahan ni Allah at nagpapabulaan sa Kanyang mga Talata, sa Kanyang Tagapagbalitang si Muhammad, atbp.). 9. Ang kanilang hangarin ay pumayag ka na makipagkasundo sa kanila (sa pananampalataya mula sa iyong kagandahang loob), kaya't sila (rin) ay makikipagkasundo sa iyo. 10. At huwag mong dinggin ang mga tao na nanunumpa ng lubhang marami (sa kasinungalingan), at maipapalagay na walang halaga, 11. Na mapangwasak (sa katotohanan) at nagkakalat ng paninirang-puri, 12. Na pumipigil sa mga kabutihan at lumalabag (sa utos) sa pagiging palalo, at nababalot ng mga kasalanan, 13. Marahas (at malupit), at sa lahat ng mga ito, ay may alinlangan sa pagkapanganak (anak sa labas), 14. (Gayon siya), sapagkat siya ay nagtataglay ng mga kayamanan at maraming anak. 15. Na kung ang Aming mga Talata (ng Qur'an) ay ipinaparinig sa kanya, siya ay nagsasabi : "Mga

kathang kuwento lamang ng mga tao ng panahong sinauna (lumipas)!" 16. Tatatakan Namin ang kanyang ilong!

17. Katotohanang Aming sinubukan sila na katulad rin ng ginawa Naming pagsubok sa mga Tao ng Halamanan, nang sila ay magkaisa na kanilang pipitasin ang mga bunga (ng Halamanan) sa kinaumagahan. 18. At sila ay hindi nag-aatubili (kung ito ang Kalooban ni Allah). 19. At dumating (sa halamanan) ang isang pagdalaw ng inyong Panginoon (na may taglay na bagay, ang Apoy) nang kinagabihan at sumunog sa lahat ng palibot habang sila ay natutulog. 20. Kaya't sa kinaumagahan, ang halamanan ay natulad sa nasalantang lugar at maitim, (na ang kanyang bunga ay natipon na). 21. At nang lumiwanag na (ang umaga), sila ay nagtawagan sa isa't isa, 22. Na nagsasabi: "Kayo ay magsiparoon sa inyong bukirin kung nais ninyong anihin ang mga bunga." 23. Kaya't sila ay nagsilakad na nagsasalitaan ng lihim sa isa't-isa sa mahinang tinig (na nagsasabi): 24. Huwag hayaan ang sinumang mahirap na tao na makapasok sa (halamanan) sa araw na ito. 25. At sinimulan nila ang umaga na may matibay na hangarin, na nag-aakala na sila ay may kapangyarihan (na hadlangan ang mahirap sa pagkuha ng anuman sa mga bunga nito). 26. Ngunit nang kanilang mamasdan (ang halamanan), sila ay nagsipagsabi: "Katotohanang tayo ay napaligaw sa ating patutunguhan!" 27. (At sila ay nagsabi): "Tunay ngang tayo ay pinagkaitan sa mga bunga (ng ating paghihirap)!" 28. Ang pinakamagaling (makatarungan) sa kanila ay nagsabi: "Hindi ba aking tinuran sa inyo: Bakit hindi ninyo luwalhatiin si Allah?" 29. At sila ay nagbadya: "Luwalhatiin ang ating Panginoon! Katotohanang kami ay naging Zalimun (mga mapaggawa

ng kamalian, buktot, tampalasan)!" 30. At sila ay bumaling sa isa't-isa na nagsasalita ng panunumbat. 31. Na nagsasabi: "Kasawian sa atin! Tunay ngang tayo ay mga Taghub (mapaglabag sa kautusan at palasuway, atbp). 32. Tayo ay umasam na mangyaring pahintulutan ng ating Panginoon na tayo ay pagkalooban Niya ng higit na mainam (na halamanan) kaysa rito. Katotohanang kami ay nagbalik-loob sa aming Panginoon (na naghahangad ng mabuti na Siya ay magpapatawad sa aming kasalanan at magbibigay ng gantimpala sa Kabilang Buhay)." 33. At ito ang kaparusahan (sa buhay na ito), datapuwa't katotohanang higit na matindi ang kaparusahan sa Kabilang Buhay, kung kanila lamang nababatid.

34. Katotohanang sa Muttaqun (mga matutuwid at matimtimang tao na may pagkatakot kay Allah at umiiwas sa lahat ng masama at kasalanan na Kanyang ipinagbawal, at nagmamahal sa Kanya ng labis), ay sasakanila ang Hardin ng Kaligayahan (Paraiso) sa harapan ng kanilang Panginoon. 35. Ituturing ba Namin na magkatulad ang mga sumasampalataya (mga Muslim) sa mga makasalanan (mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, atbp.)? 36. Ano ang nagpapagulo (suliranin) sa inyo? Paano kayo humahatol? 37. At mayroon baga kayong Kasulatan na sa pamamagitan nito, kayo ay may mapag-aaralan? 38. Na sa pamamagitan nito ay mapapasainyo ang anumang inyong piliin? 39. O mayroon ba kayong Kasunduan sa Amin na (inyong) sinumpaan, na makakaabot sa Araw ng Paghuhukom (at magkakaloob) na inyong matatamasa ang anumang inyong hilingin? 40. Iyong tanungin sila (O Muhammad) kung alin sa kanila

ang makakapanagot dito? 41. O mayroon ba silang mga katambal (sa Diyos)? Hayaang dalhin nila ang kanilang mga katambal (sa Diyos), kung sila ay nagsasabi ng katotohanan!

42. (Alalahanin) ang Araw na ang lulod (alalaong baga, ang pagiging huwad) ay matatambad, at sila ay pag-uutusan na magpatirapa (kay Allah), datapuwa't (sila na mapagkunwari) ay hindi makakagawa nito. 43. Ang kanilang mga mata ay nakatuon sa lupa, at ang pagkaaba ay bumabalot sa kanila, sapagkat napagtanto nila (na sa buhay sa mundong ito), sila ay pinag-utusan na magpatirapa (sa pag-aalay ng panalangin), habang sila ay buo pa (malusog at mainam) at hindi nasasaktan (subalit sila ay hindi sumunod). 44. Kaya't Ako ay hayaan ninyo na humarap sa kanila na nagpasinungaling sa Kapahayagang ito (ang Qur'an). Sila ay Aming parurusahan ng dahan-dahan sa lahat ng paraan na hindi nila napag-uunawa. 45. Ang mahabang pagkakataon (at palugit) ay Aking ipagkakaloob sa kanila. Katotohanan, ang Aking balak ay makapangyarihan.

46. O ikaw ba (O Muhammad) ay humingi ng ganting biyaya sa kanila, kaya't sila ay nasadlak sa mabigat na pagkakautang? 47. O nasa kanila bang mga kamay ang susi ng Al-Ghaib (mga nalilingid na bagay), upang ito ay kanilang maisulat? 48. Kaya't maghintay ng may pagtitiyaga sa Pasya ng iyong Panginoon, at huwag matulad sa Kasamahan ng Isda, nang siya ay manikluhod (sa Amin) samantalang siya ay nasa matinding kapighatian. (Tunghayan ang Qur'an 21:87). 49. Kung nangyaring ang Biyaya ng kanyang Panginoon ay hindi sumapit sa kanya, katotohanang siya (ay naiwan sa tiyan ng Isda, datapuwa't Aming pinatawad siya), kaya't siya ay itinapon sa hantad na dalampasigan habang siya

ang dapat sisihin. 50. Datapuwa't pinili siya ng kanyang Panginoon at inihanay siya sa lipon ng mga matutuwid. 51. At katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya ay halos palagpasin ka (o mabilis na makaraan) sa pamamagitan ng kanilang namumuhing mga mata kung kanilang napapakinggan ang Paala-ala (ang Babala, ang Qur'an) at sila ay nagsasabi: "Katotohanang siya (Muhammad) ay isang baliw!" 52. Datapuwa't ito ay wala ng iba, maliban na isang Paala-ala sa lahat ng mga nilalang.

Surah 69 • Surat Al-Haqqah

Ang Tiyak na Kaganapan

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ang Tiyak na kaganapan (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay)! 2. Ano nga ba ang Tiyak na Kaganapan? 3. At ano nga ba ang makakapag-utos sa iyo upang magmuni-muni kung ano ang Tiyak na Kaganapan? 4. Ang Angkan ni Thamud at ni A'ad ay hindi sumampalataya sa Qariah (ang Araw ng Kaguluhan at Kaingayan sa Oras ng Paghuhukom)! 5. Datapuwa't sina Thamud; sila ay winasak ng nag-aalimpuyong unos ng kulog at kidlat! 6. At sina A'ad; sila ay winasak ng nagngangalit na hagupit ng hangin na tunay na mapangwasak; 7. Hinayaan Niyang salantahin sila sa loob ng sunod-sunod na pitong mahahabang araw, upang mapagmalas ninyo ang mga tao roon na nakahandusay, na waring sila ba'y katawan ng mga nalugmok na punong

palmera! 8. Sa ngayon, nakikita mo ba (O Muhammad) ang mga latak nila? 9. Si Paraon, at ang mga nangauna sa kanya, at ang Pinalugmok na Bayan (ang mga bayan ng pamayanan ni Lut)? Sila ay nagsigawa ng kamalian, 10. Ang bawa't isa sa kanila ay naghimagsik nang laban sa Tagapagbalita ng kanilang Panginoon, kaya't Aming ginawaran sila ng mahigpit na sakmal (ng kaparusahan). 11. Katotohanan! Nang tumaas ang tubig ng labis sa kanyang hangganan (malaking baha o dilubyo sa panahon ni Noe), ay Aming kinandili kayo (O sangkatauhan) sa Lumulutang na Arko (barko na ginawa ni Noe). 12. Upang gawin Namin ito bilang Tagapagpaala-ala sa inyo, upang ang tainga na nakakarinig ay mapananganan ito bilang isang aral na magugunita.

13. At sa sandaling ang Tambuli ay hipan ng isang matinding pagsabog (sa unang ihip), 14. At ang kalupaan at kabundukan ay matinag sa kanilang lugar, at mayanig at madurog sa minsan lamang, 15. At sa Araw na yaon, ang Dakilang Pangyayari (Sindak) ay magaganap, 16. At ang kalangitan ay mahahati, sapagkat sa Araw na yaon, ito ay magiging marupok (at mahina), at mapupunit, 17. At ang mga anghel ay nasa magkabilang panig nito, at walong anghel ang pumapasan sa Araw na yaon, sa Luklukan ng inyong Panginoon sa ulunan nila. 18. Sa Araw na yaon, kayo ay ihaharap sa Pagsusulit at walang anumang lihim ang inyong maikukubli.

19. At tunay ngang siya na bibigyan ng kanyang Talaan sa kanyang kanang kamay ay magsasabi: "Tingnan ninyo at basahin ang aking Aklat! 20. Tunay ngang talastas ko na kakaharapin ko ang aking pag-uulat!" 21. At sa gayon, siya ay makakaranas ng buhay ng kaligayahan, 22. Sa Mataas

na Halamanan (Paraiso), 23· Na ang kumpol ng mga bunga ay malapit at mababa (abot-kamay sa pagpitas). 24· (At sa kanila ay ipagtuturing): “Magsikain kayo at uminom ng ganap at nasisiyahan bilang gantimpala sa (kabutihan) na inyong ginawa sa mga panahong nagdaan!” 25· At siya na pagkakalooban ng kanyang Talaan sa kanyang kaliwang kamay ay magsasabi: “Sana’y hindi na ako pinagkalooban ng aking Aklat! 26· At nang hindi ko na mapagbalikan ang aking mga gawa (at ano ang aking ipagsusulit)! 27· Ah! Sana’y ito na ang aking naging wakas (kamatayan)! 28· Ang kayamanan ko ay nawalang saysay, 29· Ang kapangyarihan ko ay kagyat na pumanaw!” 30· (At ang makapangyarihang utos ay ipagbabadya): Kunin siya at igapos (ng kadena), 31· At sunugin siya sa Naglalagablab na Apoy! 32· At bukod pa rito, talian siya ng tanikala na ang haba nito ay pitumpong kubiko! 33· Katotohanang siya ay hindi sumampalataya kay Allah, ang Kataas-taasang Diyos, 34· At hindi nagmamalasakit na pakainin ang mga kapus-palad, 35· Kaya’t siya ay walang kaibigan dito sa Araw na ito, 36· At wala siyang anumang pagkain maliban sa mabahong nana mula sa pinaghugasan ng mga sugat, 37· At walang ibang magsisikain nito maliban sa Khati’un (mga makasalanan, walang pananampalataya, mapagsamba sa diyus-diyosan, atbp.).

38· Kaya’t tinatawagan Ko ang lahat (ng mga nilikha) na inyong nakikita upang sumaksi, 39· At ang lahat (ng nilikha) na hindi ninyo nakikita, 40· Na katotohanang ito ang salita ng kapuri-puring Tagapagbalita (alalaong baga, si Gabriel o Muhammad na kanyang dinala mula kay Allah). 41· Ito ay hindi salita ng isang makata, kakarampot lamang ang inyong pinaniniwalaan! 42· At hindi rin ito salita ng isang

manggagaway (o isang manghuhula), kakatiting lamang ang inyong nagugunita! 43. Ito ay isang Kapahayagan na ipinanaog (sa inyo) mula sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang. 44. At kung siya (Muhammad) ay gumawa ng salita ng kabulaanan tungkol sa Amin (Allah), 45. Katotohanang siya ay Aming sasakmalin sa kanyang kanang kamay (ng may kapangyarihan at lakas), 46. At katotohanang Aming puputulin ang ugat ng kanyang puso, 47. At walang sinuman sa inyo ang makakapananggalang sa Amin upang (parusahan) siya. 48. Datapuwa't katotohanan, ang Quran ay isang Paala-ala para sa Muttaqun (mga may pangangamba kay Allah, matimtiman at mapaggawa ng kabutihan, at umiiwas sa lahat ng kasalanan, atbp.). 49. At katotohanang talastas Namin na sa lipon ninyo ay may mga nagpapabulaan (sa Qur'an), 50. At katotohanan, ang Kapahayagan (Qur'an) ay makakapagpaligalig sa mga hindi sumasampalataya (sa Araw ng Muling Pagkabuhay). 51. At tunay ngang ito (ang Qur'an) ay isang lubos na Katotohanan na may katiyakan. 52. Kaya't luwalhatiin ninyo ang Pangalan ng inyong Panginoon, ang Pinakadakila.

Surah 70 • Al-Ma'arij

Ang Mga Daan Ng Pag-akyat

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ang isang nagtatanong ay nagtanong tungkol sa Kaparusahan na napipinto - 2. Sa mga hindi

sumasampalataya, na walang sinuman ang makakahadlang, 3· (Isang Kaparusahan) mula kay Allah, ang Panginoon ng mga Daan ng Pag-akyat. 4· Ang mga anghel at ang Ruh (Gabriel) ay umaakyat sa Kanya sa loob ng isang araw, na ang katumbas noon ay limampung taon, 5· Kaya't maging matiyaga ka (O Muhammad), sa pagtitiyaga na may magandang maaasam. 6· Katotohanang napag-aakala nila na ang Araw (ng Kaparusahan) ay malayo sa pangyayari, 7· Datapuwa't napagmamalas Namin ito na (lubhang) malapit na. 8· Sa Araw na ang himpapawid (alapaap) ay matutulad sa maruming langis na kumukulo (o naaagnas na tanso o pilak, atbp.). 9· At ang kabundukan ay matutulad sa maninipis na himaymay ng lana, 10· At walang kaibigan ang magtatanong sa isang kaibigan, 11· Bagama't sila ay biniyayaan na magkatinginan sa isa't isa (alalaong baga, sa Araw ng Muling Pagkabuhay ang lahat ay makakakilala sa kanyang ama, mga anak at mga kamag-anak, datapuwa't siya ay hindi mangungusap sa kanila o hihingi sa kanila ng tulong). Ang ninanais ng Mujrimun (mga makasalanan, kriminal, walang pananalig kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita na si Muhammad, atbp.) sa Araw na yaon ay matubos niya ang kanyang sarili sa Kaparusahan na ang kabayaran ay ang kanyang mga anak. 12· At kanyang asawa at kanyang kapatid, 13· At kanyang kamag-anak na nagbigay sa kanya ng masisilungan, 14· At ng lahat-lahat ng nasa kalupaan; kung ito ang makakapagligtas sa kanya.

15· Sa anumang kaparaanan, ito ay walang saysay! Katotohanang ito ay Apoy ng Impiyerno! 16· Na bumubunot (sa ganap na pagkatupok) ng anit! 17· At tumatawag: "O mga Kafir (walang paniniwala kay Allah,

sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang Aklat, sa Kanyang mga Tagapagbalita, sa Araw ng Muling Pagkabuhay at sa Qadar [maka-Diyos na kahihinatnan]) at, O mga Mushrik (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah) na nag-aanyaya sa kanilang lahat na magsitalikod (sa katotohanan) at naglihis ng kanilang mukha (sa Pananampalataya)." 18. At nagsipagtipon (ng mga kayamanan) at nagtago nito (tutol sa paggugol tungo sa Kapakanan ni Allah). 19. Katotohanan, ang tao (na walang pananalig) ay nilikha na lubhang mainipin (walang pasensya); 20. Na naiinis (walang kasiyahan) kung ang kasamaaan ay sumaling sa kanya; 21. At lubhang gahaman kung ang kasaganaan ay dumatal sa kanya; 22. Maliban sa mga matimtiman sa pananalangin, 23. Sila na namamalagi sa kanilang pagdalangin, 24. At sa kanilang kayamanan ay mayroong nakalaan, 25. Sa mga pulubi na humihingi at sa mga sawimpalad na nawalan ng ari-arian at kayamanan (at ang pinanggagalingan ng kanyang ikabubuhay ay naghigpit o umunti), 26. At sila na nananangan sa katotohanan ng Araw ng Paghuhukom o Kabayaran, 27. At sila na may pangangamba sa Kaparusahan ng kanilang Panginoon, 28. Sapagkat ang Kaparusahan ng kanilang Panginoon ay isang bagay na kabaligtaran ng kapayapaan at katahimikan, 29. At sila na nagpapanatili ng kanilang kalinisan (sa kapurihan, at umiiwas sa bawal na pakikipagtalik). 30. Maliban sa kanilang mga asawa at sa mga (babaeng alipin) na angkin ng kanilang kanang kamay, (dito) sila ay hindi susumbatan, 31. Datapuwa't ang sinuman na magnais ng higit pa rito, kung gayon, sila ang tunay na lumalabag (sa kautusan). 32. At sila na nagpapanatili ng kanilang mga pangako at kasunduan;

33. At sila na naninindigan nang matatag sa kanilang mga patotoo; 34. At sila na nagbabantay sa kanilang pagdalangin nang mainam, 35. Sila nga ang papupurihan at magsisitahan sa Halamanan ng Kaligayahan (Paraiso).

36. Kaya't ano ang nagpapagulo sa mga hindi sumasampalataya at nagmamadali (alumpihit) na makinig sa iyo (O Muhammad), upang ikaw ay kanilang pasinungalingan at kutyain, at (gayundin) sa Aklat ni Allah (ang Qur'an). 37. (Na nakaupo) sa mga pangkat, sa iyong kanan at sa iyong kaliwa (O Muhammad)? 38. At bawat isa kaya sa kanila ay umaasam na makakapasok sa Hardin ng Kaligayahan (Paraiso)? 39. Hindi, sa anupamang kaparaanan! Sila ay nilikha Namin mula sa sangkap na kanilang batid!

40. Narito! Ako ay nananawagan upang saksihan ang Panginoon ng lahat ng lugar sa Silangan at Kanluran, na katiyakang Aming magagawa, 41. Na palitan sila (sa pamamagitan ng iba) ng higit na mainam kaysa kanila; at Kami ay hindi nila magagapi sa Aming kapasiyahan. 42. Kaya't hayaan sila na malubog sa walang saysay na pag-uusap at palibot-libot na paglalaro, hanggang sa sapitin nila ang Araw na sa kanila ay ipinangako. 43. Sa Araw na sila ay magsisilabas sa kanilang libingan na nagmamadali, na katulad ng pag-uunahan (karera) na marating ang punong pananda, 44. Na ang kanilang mga mata ay nakatungo sa lupa sa pangamba at pagkaaba, ang kahihiyan ang lumulukob sa kanila (ng buo). Ito ang Araw na sa kanila ay ipinangako!

Propeta Noe

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Katotohanang Aming isinugo si Noe sa kanyang pamayanan na may tagubilin: “Iyong bigyang babala ang iyong pamayanan bago dumatal sa kanila ang Kasakit-sakit na Kaparusahan”. 2. Siya (Noe) ay nagbadya: “O aking pamayanan! Katotohanang ako ay isang lantad na Tagapagbabala sa inyo, 3. (Na nagtatagubilin) na marapat ninyong sambahin si Allah (lamang), at maging masunurin sa inyong tungkulin sa Kanya at ako ay inyong sundin, 4. Upang mapatawad Niya (Allah) ang inyong mga kasalanan at bigyan kayo ng sapat na panahon (palugit) na natatakdaan. Katotohanan, kung ang Takdang Oras ni Allah ay dumatal, ito ay hindi maaaring antalahin kung inyo lamang nababatid.” 5. (Si Noe) ay nagbadya: O aking Panginoon! Katotohanang aking tinawagan ang aking pamayanan sa gabi at araw (alalaong baga, sa lingid at lantad upang tanggapin ang doktrina ng Kaisahan ni Allah). 6. Datapuwa’t ang aking panawagan sa kanila ay higit lamang na nakadagdag sa kanilang pagnanais na mapalayo (sa Tuwid na Landas). 7. At katotohanan! Sa bawat sandali na sila ay aking pinagtatagubilinan upang sila ay Inyong mapatawad, ay tinatakpan nila ang kanilang mga tainga ng kanilang daliri, at tinatakpan nila ang kanilang sarili ng kanilang kasuotan, at nagpapatuloy sila (sa kanilang

pagtutol) at pinag-iibayo nila ang kanilang kapalaluan. 8. At katotohanang ako ay nananawagan sa kanila nang hayagan (sa malakas na tinig); 9. At katotohanang ako ay nagpahayag sa kanila sa karamihan at ako ay nagsumamo sa kanila sa pribado (tagong pag-uusap), 10. Na nagsasabi: "Humingi kayo ng kapatawaran mula sa inyong Panginoon; katotohanang Siya ay Lagi nang Nagpapatawad; 11. Kayo ay pagkakalooban Niya ng saganang ulan; 12. At kayo ay gagawaran Niya ng higit pang kayamanan at mga anak, at ipagkakaloob Niya sa inyo ang halamanan at gayundin ng mga batis (na may tubig na nagsisidaloy)." 13. Ano ang nagpapagulo sa inyo at hindi ninyo pinangangambahan si Allah (sa Kanyang kaparusahan), at kayo ay hindi umaasam ng gantimpala mula kay Allah o kayo ay hindi sumasampalataya sa Kanyang Kaisahan. 14. Samantalang kayo ay nilikha Niya sa (iba't ibang) antas (alalaong baga, ang una ay Nutfah, sumunod ay Alaqa at sumunod ay Mudgha. [Tunghayan ang Quran 23: 13-14]. 15. Hindi baga ninyo napagmamalas kung paano nilikha ni Allah ang pitong kalangitan, ng suson-suson (ang bawat isa ay mataas sa iba), 16. At ginawa Niya ang buwan bilang liwanag doon at ng araw bilang isang ilaw? 17. At nilikha kayo ni Allah mula sa alabok ng lupa (na dahan-dahan sa paglaki at pagyabong) 18. At pagkaraan, kayo ay ibabalik Niyang muli rito (sa lupa), at Kanyang ibabangon kayong (muli sa Araw ng Muling Pagkabuhay)? 19. At si Allah ang gumawa para sa inyo ng kalupaan na nakalatag nang malawak. 20. Upang kayo ay makapaglakad dito sa malalapad na landas.

21. Si Noe ay nagbadya: "Aking Panginoon! Katotohanang sila ay sumuway sa akin at sila ay sumunod sa kanya na ang

kayamanan at mga anak ay hindi makakapagbigay sa kanya ng kapakinabangan bagkus ay kapahamakan (pagkatalo).” 22. At sila ay nagpakana ng malaking balak. 23. At sila ay nagsipag-usapan sa isa’t-isa: “Huwag ninyong tatalikdan ang inyong mga diyos, gayundin ay huwag ninyong iiwan si Wadd, at si Suwa, at si Yaguth, at si Ya’uq, at si Nasr (mga pangalan ng mga imahen at rebulto);” 24. At katotohanang inakay nila ang karamihan sa pagkaligaw. At (O Allah)! “Huwag Kayong magbigay ng dagdag sa Zalimun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian, walang pananalig, atbp.), maliban sa kamalian.” 25. Dahilan sa kanilang mga kasalanan sila ay nilunod (sa dilubyo ng baha), at pinag-utusan na magsipasok sa Apoy (ng kaparusahan), at sila ay hindi nakatagpo ng sinuman na makakatulong sa kanila sa halip (bilang kapalit) ni Allah.

26. At si Noe ay nagturing: “Aking Panginoon! Huwag Kayong mag-iwan sa kalupaan ng kahit na isang hindi nananampalataya! 27. Kung sila ay Inyong iwan, ay kanilang ililigaw ang Inyong matatapat na alipin, at sila ay magpapakarami (mga tao) na hindi hihigit pa sa pag-uugali maliban sa kabuktutan at kawalan ng utang na loob. 28. Aking Panginoon! Inyong patawarin ako at ang aking mga magulang, at sa sinuman na pumapasok sa aking tahanan ng may pananalig, at lahat ng mga sumasampalatayang lalaki at sumasampalatayang babae, at huwag Ninyong pagkalooban ang mga tampalasan (ng anuman) maliban sa kapahamakan at pagkawasak!”

Ang Jinn**

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ipagbadya (O Muhammad): "Ipinahayag sa akin na ang isang pangkat ng Jinn (na may bilang mula tatlo hanggang sampu) ay nakinig (sa Qur'an)." Sila ay nagsasabi: "Katotohanang aming napakinggan ang isang Maindayog at Kamangha-manghang Pagbigkas (sa Quran)!" 2. Na namamatnubay sa Tuwid na Landas (katuwiran at kagalingan), at kami ay sumampalataya rito at hindi kailanman kami ay magtatambal ng anuman (sa pagsamba) sa aming Panginoon (Allah). 3. At ganap na Kaluwalhatian ang Kataasan ng aming Panginoon. Siya (Allah) ay hindi nag-angkin sa Kanyang sarili ng asawa o ng anak (o mga supling o mga anak) 4. At ang mga luku-luko (at baliw) sa lipon namin (alalaong baga, si Iblis o ang mga Jinn na mapagsamba sa mga diyus-diyosan) ay nagpapahayag ng kasinungalingan laban kay Allah na hindi nararapat. 5. Katotohanan! Ang sangkatauhan at mga Jinn ay hindi marapat na magturing ng kasinungalingan laban kay Allah. 6. At katotohanan na may mga tao sa lipon ng sangkatauhan ang nananahan sa matitipunong mga tao sa gitna ng mga Jinn, datapuwa't sila (Jinn) ay lalong naglulong (sa sangkatauhan) sa kasalanan at kawalan ng pananalig. 7. At katotohanang sila ay nag-akala na katulad ng inyong pag-aakala na si Allah ay hindi magsusugo ng sinumang

tagapagbalita (sa sangkatauhan at sa Jinn). 8. At ang mga Jinn ay nagsabi: "At kami ay sumilip (sa mga lihim) ng kalangitan, datapuwa't aming natagpuan na tigib ito ng mga mahihigpit na tagapagbantay at naglalagablab na apoy." 9. At katotohanang kami ay lagi nang nakaupo roon (sa nakukubling lugar) upang (makaulinig) ng mapapakinggan, datapuwa't sinuman ang nakikinig ngayon ay makakatagpo ng isang naglalagablab na apoy na naghihintay sa kanya upang tambangan. 10. At hindi namin napag-uunawa kung ang kasamaan (o panganib) ay nakalaan sa lahat ng nasa kalupaan, o kung ang kanilang Panginoon ay nagnanais na sila ay patnubayan sa Tuwid na Landas. 11. At sa karamihan namin ay mayroong ilan na matutuwid (sa asal) at ang ilan ay malayo sa (matutuwid na asal). Kami ay mga pangkatin na sumusunod sa magkakahiwalay na landas (iba't ibang sekta ng pananampalataya, atbp.). 12. At nababatid namin na kami ay hindi makakatakas sa (kaparusahan) ni Allah dito sa kalupaan, at hindi rin kami makakawala (sa kaparusahan) sa pamamagitan ng pagtakas. 13. At katotohanan na aming napakinggan ang Pahayag (Qur'an), kami ay nagsisampalataya rito (sa Kaisahan ni Allah), at sinuman ang manampalataya sa kanyang Panginoon ay walang ipangangamba maging ito man ay sa pagkabawas ng gantimpala sa kanyang mabubuting gawa o sa dagdag na kaparusahan sa kanyang mga kasalanan. ** Mga nilikha ni Allah na hindi natin nakikita, subalit katulad din ng mga tao ay may pananagutan sa kanilang gawa, may kalayaan sila na gumawa ng mabuti at masama, ang sumunod o sumuway kay Allah at sa Kanyang kautusan, at sa kanila ay may paghuhukom din na darating at may kabayaran ng

gantimpala o kaparusahan ayon sa kanilang ginawa. 14. At ang ilan sa karamihan namin ay mga Muslim (na nagsuko ng kanilang kalooban kay Allah matapos na makinig sa Qur'an), at may mga ilan sa karamihan namin ay Al-Qasitun (mga walang pananalig at lumihis sa Tuwid na Landas). At sinuman ang magsuko ng kanyang kalooban kay Allah (alalaong baga, ang yumakap sa Islam), katotohanang sila ay nagkamit ng Tuwid na Landas (sa mabuting asal). 15. At sa Qasitun (mga walang pananalig at katarungan na lumihis sa Tuwid na Landas), sila ang magiging panggatong (sa Apoy) ng Impiyerno,

16. At kung sila (na sumasamba sa diyus-diyosan, hindi mga Muslim) ay sumampalataya kay Allah at namalagi lamang sa Tuwid na Landas (Islam), katotohanang Kami ay magkakaloob sa kanila ng saganang ulan. 17. Upang sila ay Aming masubukan sa gayong paraan. Datapuwa't sinuman ang tumalikod sa Paala-ala ng kanyang Panginoon (alalaong baga, sa Qur'an at hindi nagsagawa sa mga batas at pag-uutos nito), ay igagawad Niya sa kanya ang pumasok sa Matinding Kaparusahan (Impiyerno). 18. At ang mga Moske o lugar ng pagpapatirapa (sa pagsamba) ay tanging kay Allah (lamang), kaya't huwag manalangin sa sinuman (bilang kahati) ni Allah. 19. (Ipinahayag sa akin) nang ang alipin ni Allah (Muhammad) ay tumindig sa paninikluhod (sa kanyang Panginoon, kay Allah) sa pananalangin, sila (na mga Jinn) ay pumalibot sa kanya sa makapal na lipon na wari bang sila ay dikit-dikit sa isa't isa (upang sila ay makinig sa pagdalit ng Propeta). 20. Ipagbadya (O Muhammad): "Ako ay nananalangin lamang sa aking Panginoon (kay Allah lamang), at ako ay hindi nagtatambal

sa Kanya ng iba pang huwad na diyos." 21. Ipagbadya: "Katotohanang ako ay walang kapamahalaan upang ilagay kayo sa kapahamakan, o dalhin kayo sa Tuwid na Landas." 22. Ipagbadya O Muhammad): "Katotohanang walang makakapagligtas sa akin sa kaparusahan ni Allah (kung ako ay susuway sa kanya), gayundin, ako ay hindi makakatagpo ng kaligtasan maliban sa Kanya." 23. (Ang aking tungkulin) ay iparating sa inyo (ang Katotohanan) na mula kay Allah at sa Kanyang Kapahayagan (Kaisahan ni Allah), at sinumang sumuway kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalita, kung gayon, katotohanang sasakanya ang Apoy ng Impiyerno, mananahan siya rito magpakailanman.

24. Hanggang sa sumapit ang Araw na itatambad (sa harap ng kanilang mga mata) ang bagay na sa kanila ay ipinangako (na kanilang pinag-aalinlanganan), ay mapag-aalaman nila kung sino ang mahina (sa kanyang) kapanalig (kawaksi) at walang halaga sa (karamihan) ng bilang. 25. Ipagbadya (O Muhammad): "Hindi ko nababatid kung ang kaparusahan na ipinangako sa inyo ay nalalapit na, o kung ang Panginoon ay magtatakda roon sa matagal pang panahon." 26. Siya lamang ang lubos na nakakatalastas ng Al-Ghaib (mga nakalingid at Kabilang Buhay) at hindi Niya ipinahahayag sa kaninuman ang Kanyang Ghaib (lihim at nakalingid). 27. Maliban sa isang Tagapagbalita (sa sangkatauhan) na Kanyang hinirang (Siya ay nagpapahayag sa kanya sa Kanyang nais), at nagtalaga Siya ng pangkat ng tagapagbantay (mga anghel) upang manguna sa kanyang harapan at kanyang likuran. 28. (Siya [Allah] ang nangangalaga sa kanila [mga Tagapagbalita]), hanggang sa Kanyang mamalas na katotohanang ipinahayag nila

(mga Tagapagbalita) ang Kapahayagan (Tagubilin) ng kanilang Panginoon. At Kanyang nilulukuban ang lahat ng nasa kanilang (paghahawak), at Siya ang naghahawak sa pagsusulit ng lahat ng bagay (alalaong baga, lubos Niyang batid ang ganap na bilang ng bawat bagay).

Surah 73 • Al-Muzzammil

Siya na Nababalutan ng Kasuutan

Sa Ngalan ni Allah, Ang Pinakamahabagin, Ang Pinakamaawain

1· O ikaw na nababalutan ng kasuotan (alalaong baga, si Propeta Muhammad)! 2· Tumindig ka (sa pananalangin) sa buong magdamag, maliban sa kaunting oras lamang. 3· Sa kalahati nito (ng magdamag), o kulang pa rito, 4· O humigit pa rito; at iyong dalitin ang Qur'an (nang malakas) sa marahan at matimyas na pagbigkas. 5· Katotohanan na Aming ipapanaog sa iyo ang isang mayamang Pahayag (at Tagubilin sa mga batas, katungkulan, atbp.).

6· Katotohanan, ang iyong pagbangon sa gabi (Tahajjud na panalangin) ay siyang oras na napakahirap (datapuwa't) mabisa at mainam sa pamamatnubay ng (iyong kaluluwa), at pinakaangkop sa (pang-unawa) sa Salita (ni Allah). 7· Katotohanang nasa iyo sa maghapon (sa liwanag ng araw) ang paghanap ng iyong ikabubuhay at pagganap sa mga pangkaraniwang gawain, 8· At lagi mong alalahanin ang Pangalan ng iyong Panginoon at ibuhos mo ang iyong pansin sa Kanya nang ganap at taimtim. 9· Tanging Siya

(lamang) ang Panginoon ng Silangan at Kanluran. La ilaha illa Allah (Wala ng iba pang Diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah). Kaya't panaligan mo lamang Siya bilang iyong Wakil (tagapamahala ng iyong kapakanan). 10. At maging matiyaga (O Muhammad) sa kanila (na hindi sumasampalataya) sa kanilang sinasabi, at lumayo ka sa kanila sa mabuting paraan. 11. At iyong hayaan na Ako (ang tanging) makitungo sa mga bulaan (na nagtatatwa ng Aking mga Talata, atbp.), at sila na naghahawak ng mga mabubuting bagay sa buhay. At iyong bigyan sila ng palugit sa maigsing panahon. 12. Katotohanan! Nasa Amin ang mga panggapos (na magtatali sa kanila) at Nag-aalimpuyong Apoy (na tutupok sa kanila). 13. At pagkain na babalalak sa kanilang lalamunan (na nakakabunsol) at Kasakit-sakit na Kaparusahan. 14. Sa Araw na ang kalupaan at kabundukan ay mayayanig nang matindi, at ang kabundukan ay magiging pinong tumpok ng buhangin na bumubuhos at umaagos nang pababa.

15. Katotohanan! Kami ay nagsugo sa inyo (O mga tao) ng isang Tagapagbalita (Muhammad) na magiging saksi sa harapan ninyo, kung paano Kami nagsugo ng isang Tagapagbalita (Moises) kay Paraon. 16. Datapuwa't si Paraon ay sumuway sa Aming Tagapagbalita (Moises), kaya't Aming sinakmal siya ng matinding kaparusahan. 17. Kaya't paano ninyo iiwasan ang kaparusahan kung kayo ay walang paniniwala (kay Allah), sa Araw na ang mga bata ay magiging lanta (sa kulay na pilak ng kanilang buhok) sa (Araw ng Muling Pagkabuhay). 18. Na roon ang kalangitan ay mawawarak? Ang Kanyang pangako ay katiyakang matutupad. 19. Katotohanan! Ito ay isang Paala-ala (at

Tagubilin). Kaya't sinuman ang magnais, hayaan siyang tumahak sa tuwid na landas patungo sa kanyang Panginoon!

20. Katotohanan! Ang iyong Panginoon ay nakakabatid na ikaw ay nagpupuyat sa pananalangin (sa kahabaan ng gabi), ng maigsi sa dalawang katlo (2/3) ng gabi, o kalahati (1/2) ng gabi, o isang katlo (1/3) ng gabi, gayundin naman ang isang pangkat na iyong kasama-sama. At si Allah ang nagtalaga (sa inyo) ng Gabi at Araw sa ganap na sukat. Talastas Niya na ikaw ay hindi makakapanalangin sa buong magdamag, kaya't Siya ay naggawad sa iyo ng Kanyang Habag. Kaya't iyong ipagsaysay ang Qur'an sa iyong makakaya, sa paraan na magaan sa iyo. Talastas Niya na mayroong ilan sa inyo ang may sakit, at ang iba naman ay naglalakbay sa kalupaan sa paghahanap ng (saganang) Biyaya ni Allah, at ang iba ay nakikipaglaban tungo sa Kapakanan ni Allah. Kaya't iyong ipagsaysay ang Qur'an sa iyong makakaya, sa paraang magaan sa iyo, at ikaw ay mag-alay ng pang-araw-araw na panalangin (Iqamat-as-Salah) nang mahinusay, at magbigay ng Zakah (katungkulang kawanggawa), at magpautang kay Allah ng isang Magandang Pautang (alalaong baga, gumugol sa Kapakanan ni Allah). At anumang mabuting bagay ang inyong ipinadala patungkol sa inyong kaluluwa (mga gawa ng pagsamba tulad ng pagdarasal, kawanggawa, pag-aayuno, Hajj, Umra, atbp.) ay katiyakang matatagpuan ninyo ito sa harapan ni Allah. Katotohanan! Ito ay mainam at sagana sa kabayaran ng gantimpala. At inyong paghanapin ang Biyaya (at Pagpapatawad) ni Allah. Katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Lubos na Mahabagin.

Siya Na Nababalutan

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. O ikaw (Muhammad) na nababalot (ng balabal)! 2. Magbangon ka at ipahayag mo ang iyong babala! 3. Ang iyong Panginoon (Allah) ang iyong ipinagbubunyi sa kapurihan! 4. Ang iyong kasuotan ay gawin mong dalisay! 5. Ang lahat ng kabuktutan ay iyong layuan (Ar-Rujz, mga imahen o diyus-diyosan)! 6. At huwag maghangad ng ganti kung ikaw ay nagbigay, na dagdag sa makamundong pakinabang (o huwag mong ipalagay na ang gawang kabutihan sa pagsunod kay Allah ay isang biyaya sa Kanya). 7. At maging matimtiman (sa pagtitimpi) sa kapakanan ng iyong Panginoon (alalaong baga, iyong ganapin ang iyong tungkulin sa Kanya)!

8. At kung hihipan na ang Tambuli (sa kanyang pangalawang pag-ihip): 9. Katotohanan! Ang Araw na yaon ay Araw ng Hapis, 10. Na kasakit-sakit sa mga walang pananalig. 11. Hayaang Ako lamang (ang makitungo) sa mga (nilalang) na Aking nilikha (na hubad at walang pinagkukunan ng anuman)! 12. Na Aking ginawaran ng lahat ng bagay ng kasaganaan. 13. At mga anak na nasa kanyang tabi! 14. Aking iginawad ang buhay na maayos at maginhawa sa kanya! 15. Datapuwa't siya ay sakim, - na Ako ay marapat pang magbigay ng higit; 16. Katotohanan, (siya ay pagkakaitan)! Sapagkat siya ay hindi nagbigay ng halaga

sa Aming Kapahayagan at Tagubilin (at nanatiling matigas ang ulo). 17. Hindi magtatagal, siya ay Aming dadalawin ng gabundok na kapahamakan (ang umakyat sa madulas na bundok ng As-Sa'ud sa Impiyerno)!

18. Katotohanang siya ay nag-isip at nagbalak; 19. Kaya't kasawian sa kanya (sa kaparusahan)! Paano siya nagbalak? 20. At minsan pa, kasawian sa kanya (sa kaparusahan), paano siya nagbalak? 21. At siya ay nagmuni-muni (nagmalas sa kanyang kapaligiran); 22. At siya ay kumunot at siya ay nayamot; 23. At siya ay tumalikod at naging palalo; 24. At siya ay nagturing : "Ito ay wala ng iba kundi salamangka, mula pa noong unang panahon! 25. Ito ay wala ng iba maliban sa salita lamang ng isang tao!"

26. Hindi magtatagal , Aking ihahagis siya sa Apoy ng Impiyerno! 27. Ah! Ano nga ba ang makakapagbigay paliwanag sa iyo kung ano ang Apoy ng Impiyerno? 28. Ito ay hindi nagpapaubaya (sa sinumang makasalanan), gayundin, ito ay hindi nag-iiwan (ng anumang bagay na hindi sunog)! 29. Na nagpapaitim at nagpapabago sa kulay ng tao (dahilan sa pagkasunog)! 30. Sa itaas nito ay may labingsiyam (na mga anghel bilang tagapagbantay at tagapanatili ng Impiyerno). 31. At Kami ang nagtalaga ng mga anghel bilang tagapagbantay ng Apoy, at Aming itinakda lamang ang kanilang dami (19) bilang isang pagsubok sa mga hindi nananampalataya, - upang ang mga tao ng Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ay dumatal sa katiyakan (na ang Qur'an ay katotohanan na umaayon sa kanilang mga Aklat, alalaong baga, ang kanilang bilang [19] ay nasusulat sa Torah [mga Batas] at Ebanghelyo), at upang ang mga sumasampalataya ay lalong mag-ibayo sa Pananalig

(sapagkat ang Qur'an ang katotohanan), - at upang ang mga tao ng Angkan ng Kasulatan at ang mga sumasampalataya ay hindi mag-alinlangan dito, at ang mga tao na ang laman ng kanilang puso ay isang sakit (ng pagkukunwari) at ang mga hindi nananampalataya ay makapagsabi: "Ano baga ang ibig ipakahulugan ni Allah sa pamamagitan nito? Kaya't si Allah ang umaakay na mapaligaw ang sinumang Kanyang maibigan at namamatnubay sa sinumang Kanyang maibigan. At walang sinuman ang nakakatalos ng mga kapangyarihan ng iyong Panginoon maliban sa Kanya. At ito (Impiyerno) ay wala ng iba pa maliban na isang Paala-ala (babala at tagubilin) sa sangkatauhan.

32. Hindi, at katotohanang sa pamamagitan ng Buwan, 33. At sa pamamagitan ng gabi kung ito ay humimlay, 34. At sa pamamagitan ng bukang liwayway kung ito ay namamanaag, 35. Katotohanang ito ay isa lamang sa mga Matitibay na Palatandaan (Impiyerno, o ang kanilang pagtatatwa kay Propeta Muhammad, o ang Araw ng Muling Pagkabuhay). 36. Bilang pagpapaala-ala sa sangkatauhan, 37. Sa sinuman sa inyo na nagpasyang tumahak nang pasulong (sa pamamagitan ng paggawa ng kabutihan), o magpaiwan sa likuran (sa pamamagitan ng paggawa ng kasamaan), 38. Ang bawat tao (kaluluwa) ay isang sanla sa kanyang mga gawa. 39. Maliban sa kanila na nanatili sa Kanan (alalaong baga, ang mga tunay na nananampalataya sa Kaisahan ni Allah at sa Islam); 40. Sila ay mapapasa-Halamanan ng Kaligayahan, at nagtatanungan sa isa't isa, 41. Ng tungkol sa Al-Mujrimun (mga makasalanan, mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig, kriminal, atbp.), [at sila ay mangungusap sa kanila]: 42. "Ano ang

naghatid sa inyo tungo sa Apoy ng Impiyerno?" 43. Sila ay magsasabi: "Kami ay kabilang sa mga hindi nag-aalay ng palagiang panalangin, 44. At kami rin ay hindi kabilang sa nagbibigay ng pagkain sa naghihikahos, 45. Bagkus kami ay nangag-uusap ng kabulaanan (na kinamumuhiang lahat ni Allah) sa mga walang saysay na pangungusap. 46. At kami ay lagi nang nagpapasinungaling sa Araw ng Paghuhukom, 47. Hanggang sa sumapit sa amin ang tiyak na Takdang Oras (kamatayan)." 48. At ang pamamagitan ng mga namamagitan ay walang kapakinabangan sa kanila.

49. Kung gayon, ano ang nagpapagulo sa kanila (alalaong baga, ang mga hindi sumasampalataya), at sila ay tumatalikod (sa pagtanggap) ng Paala-ala? 50. Na wari bang sila ay mga nasisindak na asno, 51. Na tumatalilis sa leon! 52. Katotohanan! Ang bawat isa sa kanila ay nagnanais na sila ay bigyan ng nakaladlad na dahon ng kapahayagan (mula kay Allah, na may nakasulat na ang Islam ang tamang Pananampalataya, at si Muhammad ay dumatal na may dalang katotohanan mula kay Allah, ang Panginoon ng kalangitan at kalupaan, atbp.). 53. Hindi, sa anumang kaparaanan! Sapagkat sila ay hindi nangangamba sa (kaparusahan ni Allah) sa Kabilang Buhay. 54. Hindi! Katotohanang ito (ang Qur'an) ay isang Paala-ala, 55. Kaya't sinuman ang magnais, (hayaan siyang bumasa nito), at tumanggap ng tagubilin (mula rito)! 56. Datapuwa't sila ay hindi tatanggap ng tagubilin malibang pahintulutan ni Allah. Siya ang Panginoon ng Kabutihan at Panginoon ng Pagpapatawad (alalaong baga, sinuman ang umiwas sa masamang gawa na Kanyang ipinagbabawal at gumawa ng mabuti na Kanyang ipinag-uutos, Siya [kung

gayon] ay magpapatawad sa kanila at sila ay hindi Niya parurusahan).

Surah 75 • Al-Qiyamah

Ang Muling Pagkabuhay

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ako ay sumasaksi sa pamamagitan ng Araw ng Muling Pagkabuhay, 2. At Ako ay sumasaksi sa pamamagitan ng tao na nagsisi sa kanyang sarili (isang sumasampalataya). 3. Napag-aakala ba ng tao (na walang pananampalataya) na hindi Namin muling maisasaayos ang kanyang mga buto? 4. Katotohanan! Muli Naming maibabalik nang ganap at maayos (ang kanyang mga buto) maging ang dulo ng kanyang daliri. 5. Hindi! Ang tao ay nagtatatwa ng Muling Pagkabuhay at Pagsusulit. Kaya't siya ay nagnanais na magpatuloy sa kanyang kasamaan. 6. Siya ay nag-uusisa: "Kailan baga matutupad ang Araw ng Muling Pagkabuhay?" 7. At sa katagalan, kung ang paningin ay masilaw, 8. At ang buwan ay lagumin ng kadiliman, 9. At ang araw at buwan ay pagsamahin (sa pamamagitan ng paglapit sa isa't isa o ang matiklop at mawalan ng kanilang liwanag, atbp.). 10. Sa Araw na ito, ang tao ay magsasabi: "Saan ako tatalilis (na may kaligtasan)? 11. Hindi, sa anumang kaparaanan! Walang matatakbuhan (sa kaligtasan)! 12. Tanging sa harap ng inyong Panginoon lamang ang lugar ng kapahingahan sa Araw na ito. 13. Sa Araw na ito, ang tao ay pagsasabihan ng lahat

ng kanyang inilagay sa harapan (ang kanyang mabubuti at masasamang gawa), at lahat ng kanyang naiwan (na mabuti at masama). 14. Katotohanan! Ang tao ang saksi (at katibayan) laban sa kanyang sarili (sapagkat ang mga bahagi ng kanyang katawan ang magsasalita hinggil sa kanyang mga ginawa). 15. Kahima't magsulit siya ng dahilan at umiwas (upang pagtakpan ang kanyang masasamang gawa).
16. Huwag mong pagalawin ang iyong dila (O Muhammad) tungkol sa Qur'an upang magmadali rito. 17. Kami (Allah) ang may kapamahalaan na magtipon at dumalit (ng Qur'an), 18. At matapos na ito ay Aming dalitin sa iyo (O Muhammad, sa pamamagitan ni Gabriel), kung gayon, iyong sundin ang pagbigkas (ng Qur'an). 19. Katotohanan! Kami (Allah) ang may kapamahalaan na ito ay maging maliwanag sa inyo.
20. Hindi (ng ayon sa inyong iniisip na kayo [sangkatauhan] ay hindi ibabangong muli at babayaran sa inyong mga gawa), datapuwa't tunay nga na higit ninyong minahal ang panandaliang buhay na ito. 21. At nagwawalang bahala kayo sa Kabilang Buhay. 22. Sa Araw na ito, ang ibang mukha ay magniningning sa kislap at kagandahan. 23. Na nagmamalas sa kanilang Panginoon (Allah); 24. At sa Araw na ito, ang ibang mukha ay kakikitaan ng lumbay, hapis, pagkunot (ng noo), dilim at kalungkutan. 25. Na nag-aakala na ang ilang kapahamakan at kapinsalaan ay sasapit na sa kanila; 26. Katotohanan! Kung ang kaluluwa ay umabot na sa buto ng kuwelyo (alalaong baga, hanggang sa lalamunan sa kanyang paglabas sa sandali ng kamatayan); 27. At may magsasabi: "Sino ang makakapagpagaling sa kanya at makakapagligtas sa kanya sa kamatayan? 28. At siya na rin (ang mamamatay na tao) ang makakatalos na ito na (ang sandali) ng paglisan

(kamatayan); 29. At ang binti ay idurugtong sa ibang binti (alalaong baga, ang sakit at hirap ay idurugtong sa ibayong sakit at hirap). 30. Sa Araw na ito, ang pagtataboy ay sa iyong Panginoon!

31. Sapagkat siya (na hindi sumasampalataya) ay hindi sumampalataya (sa Qur'an at sa Mensahe ni Muhammad), o nagdasal kaya! 32. At sa kabalintunaan, siya ay nagpabulaan (sa Qur'an at sa Mensahe ni Muhammad), at tumalikod! 33. At siya ay pumaroon sa kanyang pamilya na batbat ng kapalaluan na humahanga sa kanyang sarili! 34. Kasawian sa iyo (O tao na walang pananampalataya)! Tunay nga (O tao na walang pananampalataya), kasawian sa iyo! 35. Minsan pa, kasawian sa iyo (O tao na walang pananampalataya) at muli, kasawian sa iyo (O tao na walang pananampalataya)! 36. Inaakala ba ng tao na siya ay hahayaan (at kakalimutan na hindi napaparusahan o nagagantimpalaan sa kanyang mga takdang katungkulan na itinagubilin sa kanya ng kanyang Panginoon [Allah])? 37. Hindi baga siya ay isa lamang Nutfah (magkahalong katas ng semilya ng lalaki at babae) na ibinuhos (sa mababang anyo)? 38. At siya ay naging Alaqa (namuo sa paglaki); at binigyan siya ni Allah ng hugis at anyo sa ganap na sukat. 39. At mula sa kanya ay lumikha Siya ng dalawang kasarian, lalaki at babae. 40. Hindi baga Siya na lumalang (sa kanya) ay makakapagpanumbalik ng buhay ng patay? (Katotohanang Siya ay makakagawa ng lahat ng bagay).

Ang Panahon o Tao

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1· Hindi baga ang tao ay wala sa loob ng mahabang panahon at hindi man lamang nababanggit? 2· Katotohanang Aming nilikha ang tao mula sa Nutfah (magkahalong katas ng semilya ng lalaki at babae), upang siya ay Aming masubukan, kaya't Aming ginawaran siya ng biyaya ng pandinig at pangmasid. 3· Katotohanang Aming itinuro sa kanya ang landas (na may kalayaan) na maging mabuti sa pasasalamat o kawalan ng pasasalamat.

4· At sa mga nagtatakwil sa pananampalataya ay Aming inihanda ang mga bakal na kadena, ang mga gapos (sa leeg) at Naglalagablab na Apoy. 5· Katotohanang sa mga Abrar (matutuwid na tao na nangangamba kay Allah at umiiwas sa kasalanan), ay magsisiinom sa kopita na ang laman nito (ay alak) na hinaluan ng tubig mula sa batis ng Paraiso na tinatawag na Kafur. 6· Sa isang bukal na kung saan ang mga tagapaglingkod ni Allah ay magsisiinom, na dumadaloy nang masagana at hindi magmamaliw. 7· (Sapagkat) sila nga ang nagsiganap ng kanilang tungkulin at nangamba sa Araw na ang kasamaan ay magsisipangalat nang malayo at malawak. 8· At sila ay nagkaloob ng pagkain dahilan sa pagmamahal kay Allah, sa nagdarahop, sa ulila at napipiit. 9· (Na nagsasabi): "Kami ay nagpakain sa inyo dahilan sa pagmamahal namin kay Allah. Kami ay hindi naghahangad

ng pabuya, gayundin ng pasasalamat mula sa inyo. 10. Katotohanang kami ay nangangamba sa aming Panginoon sa Araw ng kahirapan at kaguluhan na magdudulot sa mga mukha ng kalagim-lagim na anyo (dahilan sa matinding pag-ayaw dito).” 11. Datapuwa’t sila ay iniligtas ni Allah sa kasamaan ng Araw na yaon at sila ay biniyayaan Niya ng Nadratan (isang Liwanag ng Kagandahan) at kaligayahan. 12. At sapagkat sila ay naging matiyaga at matatag (sa pananalig), si Allah ay magkakaloob sa kanila ng Halamanan (Paraiso) at mga kasuutang yari sa sutla. 13. Sila ay nakahimlay nang pahilig sa Halamanan sa mga nakataas na luklukan, at sila ay hindi makakamalas dito ng mahapding init ng araw o ng napakalamig na sinag ng buwan. 14. At ang lilim ng Halamanan ay bababa upang limliman sila at ang mga kumpol ng hitik na bunga ay nakabitin nang mababa na abot-kamay nila. 15. At sa kanila ay palibot na idudulot ang mabibilog na banga na yari sa pilak at mga kopitang kristal, 16. Kristal na kumikislap na gawa sa pilak. Tatamasahin nila ang anumang dami (sa sisidlan) sa anumang kanilang maibigan. 17. At sila ay dudulutan upang uminom sa kopita na ang laman (ay alak) na nahahaluan ng Zanjabil, 18. Mula sa isang bukal ng tubig doon na tinatawag na Salsabil. 19. At sa kanila ay magsisilbi ang mga kabataan na may hindi nagmamaliw na kasariwaan (kabataan), na kung inyong mapagmamalas, sila ay wari bang nagkalat na perlas (sa kariktan). 20. At kung tutunghay kayo rito (Paraiso), kayo ay makakamalas ng Sukdol na Kaligayahan (na hindi mapapangarap at mauunawaan), at isang Dakilang Paghahari. 21. Ang kanilang mga kasuutan ay kulay luntiang sutla na napapalamutihan ng ginto. Sila

ay gagayakan ng mga pulseras na pilak at ang kanilang Panginoon ay magkakaloob sa kanila ng dalisay na inumin. 22. (At sa kanila ay ipagbabadya): "Katotohanang ito ang ganti sa inyo at ang inyong pinagsumikapan ay tinanggap na mainam (sa karangalan)".

23. Katotohanang Kami ang nagpahayag ng Qur'an sa iyo (O Muhammad) sa sunod-sunod na antas (ng pagpapahayag). 24. Kaya't maging matiyaga at matimtiman ka (O Muhammad) at tumalima sa pag-uutos ng iyong Panginoon (si Allah, sa pamamagitan ng pagganap ng iyong tungkulin sa Kanya at sa pagpapalaganap ng Kanyang Mensahe sa sangkatauhan), at huwag kang makinig sa makasalanan, gayundin sa mga hindi sumasampalataya sa kanilang lipon. 25. At alalahanin ang Pangalan ng iyong Panginoon sa bawat umaga at hapon (alalaong baga, ang mag-alay ng panalangin sa umaga, tanghali at hapon). 26. At sambahin Siya (sa pagpapatirapa) sa ilang bahagi ng gabi at papurihan Siya sa buong magdamag (alalaong baga, ang mag-alay ng panalangin sa takipsilim, gabi at sa gitna ng gabi). 27. Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya ay nagmamahal (sa panandaliang) buhay sa mundong ito, at inilayo nila sa kanila (ang pag-aala-ala) sa Kasakit-sakit na Araw. 28. Kami (Allah) ang lumikha sa kanila at ginawa Naming matibay ang kanilang balangkas (ng buto). At kung Aming naisin, magagawa Naming palitan sila ng iba na katulad din nila, ng buong-buo. 29. Katotohanan! Ang (mga Talata ng Qur'an) ay isang Pagpapaala-ala (tagubilin), kaya't sinuman ang magnais, hayaan siya na tahakin ang Landas tungo sa kanyang Panginoon (Allah). 30. Ngunit malibang pahintulutan ni Allah, ito ay hindi ninyo magaganap.

Katotohanang si Allah ay Lalagi nang Pinakamaalam, ang Tigib ng Karunungan. 31. Tatanggapin Niya ng Kanyang Habag ang sinumang Kanyang maibigan, datapuwa't sa Zalimun (mga tampalasan, mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano, makasalanan, walang pananalig, atbp.), sa kanila ay inihanda Niya ang Kasakit-sakit na Kaparusahan.

Surah 77 • Al-Mursalat

Silang Mga Isinugo

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Sa pamamagitan ng hangin (o mga anghel o mga Tagapagbalita ni Allah), na isinugo nang magkakasunod (sa kapakinabangan ng tao); 2. At sa pamamagitan ng hangin na marahas na umiihip, 3. At sa pamamagitan ng hangin na nagsisipangalat ng mga ulap at ulan (na malayo at malawak); 4. At sa pamamagitan ng mga Talata (ng Qur'an) na nagbubukod (sa wasto at mali,) 5. At sa pamamagitan ng mga anghel na nagdadala ng mga kapahayagan sa mga Tagapagbalita, 6. Upang maputol ang lahat ng mga dahilan (at pag-iwas) at upang magbabala; 7. Katotohanan! Ang ipinangako sa inyo ay walang pagsalang daratal.

8. At kung ang mga bituin ay mawalan ng liwanag; 9. At kung ang kalangitan ay mahati (at mapunit); 10. At kung ang kabundukan ay malansag ng hangin at maging alabok; 11. At kung ang lahat ng mga Tagapagbalita ay tipunin sa takdang oras; 12. Sa ano bang Araw ang mga Palatandaang

ito ay ibinimbin? 13. Sa Araw ng Pagbubukod-bukod (sa mga tao na nakatalaga sa Paraiso at sa mga tao na nakatalaga sa Impiyerno). 14. Ano nga ba ang magpapaliwanag sa iyo kung ano ang Araw ng Pagbubukod-bukod? 15. Ah! Kasawian (ang sasapit) sa Araw na ito sa mga nagtatakwil sa katotohanan (ng Araw ng Muling Pagkabuhay)! 16. Hindi baga Namin winasak ang mga tao nang panahong sinauna (dahilan sa kanilang kasamaan)? 17. At hahayaan ba Namin na ang mga nahuhuling lahi ay matulad sa kanila. 18. Kaya't sa ganito Namin pinakikitunguhan ang Mujrimun (mga makasalanan, walang pananalig, mapagsamba sa diyus-diyosan, kriminal, atbp.)! 19. Ah! Kasawian (ang sasapit) sa Araw na ito sa mga nagtatakwil sa katotohanan (ng Araw ng Muling Pagkabuhay)!

20. Hindi baga kayo ay nilikha Namin mula sa katas na walang halaga (walang saysay)? 21. At inilagay Namin ito sa ligtas na sisidlan (ng pagkabuhay sa sinapupunan ng ina), 22. Sa natatakdaang panahon (ng paglaki ayon sa bilang ng buwan ng pagbubuntis)? 23. At Kami ang nag-ayos ng ganap na sukat. At Kami ang ganap na sakdal sa pagsasaayos (at pagsukat)! 24. Ah! Kasawian (ang sasapit) sa Araw na ito sa mga nagtatakwil sa katotohanan (ng Araw ng Muling Pagkabuhay)! 25. Hindi baga Namin nilikha ang kalupaan bilang lugar ng pagtitipon (at himlayan)? 26. Na kapwa para sa (mga) buhay at patay. 27. At nagtatag dito ng kabundukan na mataas at matibay at naggawad sa inyo (mula sa kalupaan) ng malinamnam na tubig? 28. Ah! Kasawian (ang sasapit) sa Araw na ito sa mga nagtatakwil sa katotohanan (ng Araw ng Muling Pagkabuhay)!

29. (At sa kanila na hindi sumasampalataya ay ipagbabadya):

"Magsiparoon kayo (sa kaparusahan) na inyong itinatatwa! 30. Magsiparoon kayo sa Lilim (ng tumataas na usok ng Impiyerno) sa tatlong hanay, 31. (Na hindi makakapagbigay) sa inyo ng lilim ng kaginhawahan, gayundin ng pananggalang sa Naglalagablab na Apoy." 32. Katotohanan! Ito (Impiyerno) ay naghahagis ng tilamsik (ng apoy) na (kasinglaki) ng Al Qasr (malaking pintuan o mahabang troso ng palasyo). 33. Na wari bang Jimalatun Sufr (pangkat ng kamelyong dilaw na pumapadyak nang mabilis)." 34. Ah! Kasawian (ang sasapit) sa Araw na ito sa mga nagtatakwil sa katotohanan (ng Araw ng Muling Pagkabuhay)! 35. Ito ang Araw na hindi nila magagawang mangusap, 36. At sila ay hindi bibigyan (ng pagkakataon) upang dinggin ang kanilang pagsusumamo. 37. Ah! Kasawian (ang sasapit) sa Araw na ito sa mga nagtatakwil sa katotohanan (ng Araw ng Muling Pagkabuhay)! 38. Ito ang Araw ng Kapasiyahan (sa katarungan)! Kayo ay Aming titipunin nang sama-sama, gayundin ang inyong mga ninuno. 39. Ngayon, kung kayo ay may pakana (balak), inyong gamitin ito laban sa Akin! 40. Ah! Kasawian (ang sasapit) sa Araw na ito sa mga nagtatakwil sa katotohanan (ng Araw ng Muling Pagkabuhay)!

41. At katotohanang sa Muttaqun (mga matutuwid na tao na gumagawa ng lahat ng mga ipinag-uutos ni Allah at may pangangamba sa Kanya, at umiiwas sa lahat ng mga ipinagbabawal ni Allah), sila ay mananahan sa gitna (ng lamig) ng mga lilim at mga bukal (ng tubig). 42. At mga hitik na bungangkahoy, lahat ng inyong maiibigan. 43. (At sa kanila ay ipagbabadya): "Halina kayo na mapapalad, kayo ay magsikain at uminom bilang kabayaran sa inyong pinagsumikapan (na kabutihan)." 44. Katotohanang sa

ganito Namin ginagantihan (ng biyaya) ang Muhsinun (mga matutuwid na tao na mapaggawa ng kabutihan). 45. Ah! Kasawian (ang sasapit) sa Araw na ito sa mga nagtatakwil sa katotohanan (ng Araw ng Muling Pagkabuhay)! 46. (O kayong hindi sumasampalataya)! Magsikain kayo at magpakaligaya sa inyong sarili sa ilang sandali (sa buhay sa mundong ito). Katotohanang kayo ay Mujrimun (mga makasalanan, mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig, kriminal, atbp.)! 47. Ah! Kasawian (ang sasapit) sa Araw na ito sa mga nagtatakwil sa katotohanan (ng Araw ng Muling Pagkabuhay)! 48. At kung sa kanila ay ipinagtuturing: "Magpatirapa kayo (sa pananalangin)!" Sila ay hindi nagpapatirapa (sa pag-aalay ng kanilang mga dasal). 49. Ah! Kasawian (ang sasapit) sa Araw na ito sa mga nagtatakwil sa katotohanan (ng Araw ng Muling Pagkabuhay)! 50. Sa gayon, sa ano pa kayang Pahayag (ang Qur'an), ang kanilang pananampalatayanan pagkaraan nito?

Surah 78 • An-Naba

Ang Malaking Balita

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ano baga ang kanilang pinagtatalunan (sa isa't isa)? 2. Tungkol ba sa Malaking Balita (alalaong baga, ang Islam, Kaisahan ni Allah, ang Qur'an na dinala ni Propeta Muhammad, ang Araw ng Muling Pagkabuhay, atbp.)? 3. Na dahil dito, sila ay hindi nagkakasundo. 4. Katotohanan!

Hindi magtatagal at kanilang mapag-aalaman! 5· Katotohanan! Katotohanan! Hindi magtatagal at kanilang mapag-aalaman! 6· Hindi baga ginawa Namin ang kalupaan na malawak (bilang himlayan)? 7· At ang kabundukan bilang pampatatag (na may ugat)? 8· At Aming nilikha kayo sa pares (lalaki at babae, mataas at mababa, mabuti at masama, atbp.). 9· At Aming ginawaran kayo ng pagtulog (o antok upang maidlip), sa inyong pamamahinga. 10· At ginawa Namin ang gabi bilang pantakip (sa pamamagitan ng kanyang kadiliman). 11· At ginawa Namin ang araw (maghapon) tungo sa inyong ikabubuhay. 12· At itinatag Namin sa itaas ninyo ang pitong matatatag (na kalangitan), 13· At ginawaran Namin yaon ng Marilag na Liwanag (sikat ng araw). 14· At nagpamalisbis Kami ng saganang ulan mula sa kimpal ng mga ulap. 15· Upang mapatubo Namin dito (sa pag-aani) ang mga butil at mga gulayan, 16· At mga halamang mayabong at luntian. 17· Katotohanan! Ang Araw ng Pagpapasya (sa katarungan) ay natatakdaang panahon,

18· Sa Araw na ang Tambuli ay hihipan at kayo ay magsisiparito ng langkay-langkay (at sa maraming pangkat); 19· At ang kalangitan ay bubuksan na waring mga pintuan, 20· At ang kabundukan ay maglalaho sa kanilang kinatatayuan na tulad ng isang malikmata. 21· Katotohanan! Ang Impiyerno ay matutulad (sa isang pook) ng pagtambang, 22· Bilang isang Tahanan sa Taghun (sila na lumalabag at sumusuway sa hangganan na itinakda ni Allah, katulad ng mga mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah at sa Islam, mga mapagkunwari, mga makasalanan, mga kriminal, atbp.). 23· Magsisipanatili sila rito sa mahabang panahon, 24· Dito

ay wala silang malalasap na lamig (at ginhawa), ni anumang inumin (na pampasigla). 25· Maliban sa kumukulong tubig at maruming katas ng sugat (nana, dugo, atbp.) 26· Na siyang katumbas na kabayaran (ayon sa kanilang kabuktutan). 27· Sapagkat katotohanang sila ay hindi nagbigay pahalaga (at nangamba) tungo sa (araw) ng pagsusulit (ng kanilang mga gawa). 28· At ganap nilang itinuring na walang katotohanan ang Aming Ayat (kapahayagan, tanda, katibayan, aral, atbp.). 29· At ang lahat ng bagay ay Aming itinala sa napapangalagaang Aklat. 30· Kaya't lasapin ninyo ang bunga (na inani) ng inyong masasamang gawa, at kayo ay hindi Namin bibigyan ng anuman maliban sa Kaparusahan. 31· Katotohanan! Sa Muttaqun (mga matutuwid at mabubuting tao na sumusunod sa lahat ng ipinag-uutos ni Allah at umiiwas sa lahat ng Kanyang ipinagbabawal) ay tagumpay, at katuparan ng kanilang inaasam (Paraiso); 32· Na napapalibutan ng Halamanan at malinamnam na ubasan; 33· At mga birheng dalaga na magkakatulad sa gulang; 34· At ng tigib na Kopita (ng alak). 35· Dito ay wala silang maririnig na hinagpis o kasinungalingan (sa pag-uusap). 36· Isang kabayaran mula sa inyong Panginoon, isang Biyayang sagana. 37· Mula sa Panginoon ng kalangitan at kalupaan at anumang nasa pagitan nito, ang Diyos na Lubos na Mapagbigay ng biyaya, at walang sinuman (ang may kapamahalaan) na makakasalansang sa Kanya (sa Araw ng Muling Pagkabuhay), malibang Kanyang pahintulutan. 38· Sa Araw na ang Ruh (si Gabriel o ibang Anghel) at iba pang anghel ay nakatindig (nang tuwid at maayos) sa mga hanay, at hindi makakapangusap malibang pahintulutan siya ng Lubos na Mapagbigay (Allah), at kanyang ipagsasaysay

kung ano ang matuwid. 39· Ito ang Araw ng Katotohanan na walang alinlangan, kaya't sinuman ang magnais, hayaang tahakin niya ang Pagbabalik, sa tuwid na landas ng kanyang Panginoon (sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya sa buhay sa mundong ito)! 40· Katotohanang Aming pinaaalalahanan kayo ng daratal na Kaparusahan. Sa Araw na ang tao ay makakapagmalas (sa gawa) ng kanyang kamay kung saan siya inihantong. Ang mga hindi sumasampalataya ay magsasabi: " Kasawian sa akin! Sana ay naging alabok na lamang ako!"

Surah 79 • Surat An-Nazi'at

Ang Mga Bumabatak

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1· Sa pamamagitan ng (mga anghel) na bumabatak (sa kaluluwa ng mga walang pananampalataya at tampalasan) ng may matinding dahas; 2· Sa pamamagitan ng (mga anghel) na mabanayad na kumukuha (ng kaluluwa ng mga sumasampalataya at mapapalad); 3· At sa pamamagitan ng (mga anghel) na bumababa sa kalangitan na may dalang pag-uutos ng kanilang Panginoon (o ang mga lumilipad [na mga anghel] o lumalangoy [na mga planeta] sa kanilang daan o landas). 4· At sa pamamagitan nila na nagpapatuloy na nangunguna na katulad ng isang karera (alalaong baga, ang mga anghel, o mga bituin o mga kabayo, atbp.). 5· At sa pamamagitan ng mga anghel na nagsasaayos upang

gawin ang Pag-uutos ng kanilang Panginoon, (kaya't katunayang kayo na hindi sumasampalataya ay tatawagin upang magsulit). 6· Sa Araw na (kung ang unang Pag-ihip ng Tambuli ay gawin), ang kalupaan at kabundukan ay mayayanig nang marahas (at ang lahat ay mamamatay), 7· Na susundan ng pangalawang Pag-ihip ng Tambuli (at ang lahat ay ibabangon), 8· Sa Araw na ito, ang (ibang) mga puso ay magsisitibok sa pangamba at hapis. 9· Na ang kanilang mga mata ay nakatuon sa lupa. 10· Sa gayon , sila ay magtuturing: "Ano! Kami baga ay katotohanang ibabalik (na muli) sa aming dating anyo ng buhay? 11· Ano? Kahit kami ay lansag-lansag na mga buto na?" 12· Sila ay magsasabi: "Ito, sa gayong pangyayari, ay isang pagbabalik na walang pakinabang!" 13· Datapuwa't katotohanang ito ay isang Hiyaw lamang (o isang Pag-ihip), 14· At pagmasdan! Natagpuan nila ang kanilang sarili sa ibabaw ng lupa na buhay matapos ang kanilang kamatayan.

15· Narinig na ba ninyo ang kasaysayan ni Moises? 16· Nang siya ay tawagin ng kanyang Panginoon sa banal na Lambak ng Tuwa. 17· (Na nagsasabi): "Pumaroon ka kay Paraon. Katotohanang siya ay nagmalabis sa pagsuway at paglabag (sa kanyang mga kasalanan, kawalan ng pananalig, pagsamba sa mga diyus-diyosan, atbp.)." 18· At iyong sabihin (sa kanya): "Nais mo bang dalisayin ang iyong sarili (sa kasalanan ng kawalang pananalig, sa pagiging isang mananampalataya), 19· At upang mapatnubayan kita sa iyong Panginoon, at ikaw ay magkaroon ng pagkatakot sa Kanya?" 20· At ipinamalas ni Moises sa kanya ang Dakilang Tanda (mga himala). 21· Datapuwa't si Paraon ay nagtakwil dito at sumuway; 22· At siya ay tumalikod na labis na tumututol (laban kay

Allah). 23. At kanyang tinipon ang kanyang tao (at mga sundalo) at sumigaw ng malakas, 24. Na nagsasabi: " Ako ang inyong panginoon, ang kataas-taasan." 25. Datapuwa't sinakmal siya ni Allah ng kaparusahan, (at ginawa siya) na isang halimbawa, sa Kabilang Buhay , at sa buhay na ito. 26. Katotohanang naririto ang isang nagtuturong tagubilin (at aral) sa sinumang may pagkatakot kay Allah.

27. Ano? Kayo baga ay higit na mahirap likhain kaysa sa kalangitan na Kanyang itinatag? 28. Sa kaitaasan ay Kanyang itinaas ang kulandong nito at Kanyang ginawaran yaon nang kaayusan at pagiging ganap. 29. Ang kanyang gabi ay nilukuban Niya ng kadiliman, at ang kanyang katanghalian ay ginawaran Niya ng liwanag. 30. At matapos ito, ay inilatag Niya ang kalupaan nang malawak; 31. At nagpasibol Siya mula rito ng kanyang tubig at kanyang pastulan (na luntiang halaman); 32. At ang kabundukan ay itinindig Niya nang matatag; 33. Bilang kapakinabangan sa inyo at sa inyong bakahan (at hayupan).

34. Datapuwa't kung dumatal na ang dakilang kapinsalaan (alalaong baga, ang Araw ng Kabayaran, atbp.), 35. Sa Araw na ang tao ay makakaala-ala ng lahat ng kanyang pinagsumikapan (pinagdaanang mga gawa), 36. At ang Apoy ng Impiyerno ay ganap na matatambad ng malapit sa (bawat) isa na nakakamasid. 37. At sa kanya na nag-Tagha (lumabag at sumuway sa lahat ng hangganan na itinakda ni Allah, kawalan ng paniniwala, pang-aapi, kasamaan, atbp.), 38. At minahalaga ang buhay sa mundong ito (sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang masamang hangarin at mga pagnanasa), 39. Katotohanan! Ang kanyang pananahanan ay Apoy ng Impiyerno; 40. Datapuwa't siya na may

pagkatakot sa kanyang pagharap (sa pagsusulit) sa kanyang Panginoon, at nagtimpi ng kanyang sarili sa marumi at maitim na hangarin at pagnanasa. 41. Katotohanan! Ang kanilang pananahanan ay Halamanan (ng Paraiso). 42. Sila ay nagtatanong sa iyo (O Muhammad) tungkol sa Oras? Kailan kaya ang kanyang takdang panahon? 43. Ikaw ay walang Kaalaman na magpahayag ng anuman (tungkol) dito. 44. Nasa iyong Panginoon lamang (ang Kaalaman) ng Takdang Araw. 45. At ikaw (O Muhammad) ay isa lamang Tagapagbabala sa mga may pangangamba rito, 46. Sa Araw na ito ay kanilang mapagmamalas, (wari) bang sila ay umidlip lamang ng isang gabi sa mundong ito, (o ang pinakamatagal) ay hanggang sa pagdatal ng umaga.

SURAH 80 • 'ABASA

ANG KUMUNOT

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. (Ang Propeta) ay kumunot at lumayo, 2. Sapagkat may bulag na lalaki na lumapit sa kanya (at nang-aabala, alalaong baga, si Abdullah bin Umm-Maktum, na pumaroon sa Propeta habang siya ay nangangaral sa isa o ilang pinuno ng Quraish). 3. Datapuwa't ano ang makakapagsabi sa iyo na baka sakaling siya ay maging dalisay (sa mga kasalanan at umunlad sa ispiritwal na pang-unawa)? 4. O siya ay tumanggap ng pangaral at ang tagubilin ay maging kapakinabangan sa kanya? 5. At siya na nag-aakala sa kanyang sarili na siya

ay may sariling kasapatan (hindi nangangailangan ng anuman), 6. Sa kanya, ikaw (O Muhammad) ay nag-uukol ng iyong panahon; 7. Ito ay hindi mo pananagutan kung siya ay hindi maging dalisay (sa pananalig at makinabang sa ispiritwal na biyaya; ikaw ay isa lamang Tagapagbalita at ang iyong tungkulin ay iparating ang Mensahe ni Allah). 8. At sa kanya (Abdullah bin Umm-Maktum) na lumapit sa iyo na may pagsusumamo, 9. At may pangangamba (kay Allah sa kanyang puso), 10. Ikaw sa kanya ay hindi nagbibigay pahalaga (o nag-aasikaso)? 11. Hindi, (huwag mong gawin ito O Muhammad), katotohanan, ito (ang mga talata ng Qur’an) ay mga pagpapaala-ala at tagubilin, 12. Kaya’t sinuman ang magnais, hayaan siyang mag-ukol ng panahon dito (sa pag-aala-ala). 13. (Ito ay nasa) mga Talaan (na iniingatan sa karangalan, ang Al-Lauh Al-Mahfuz). 14. Na mataas (sa karangalan), na nananatiling dalisay at banal, 15. Sa kamay ng mga tagasulat (mga Anghel), 16. Na karangal-rangal at masunurin. 17. Kasumpa-sumpa ang tao! Ano ang nagtulak sa kanya upang itakwil si Allah? 18. Sa ano bang bagay siya ay nilikha Namin? 19. Siya ay nilikha Namin mula sa Nutfah (mga patak ng semilya ng lalaki at babae), at Aming binigyan siya ng ganap na sukat; 20. At Kanyang ginawa na maging magaan ang daan sa kanya; 21. At Kanyang kinitlan siya ng buhay, at inilagay siya sa kanyang libingan; 22. At kung ito ay Kanyang kalooban, siya ay Kanyang bubuhayin (sa Araw ng Muling Pagkabuhay). 23. Hindi, datapuwa’t (ang tao) ay hindi tumupad sa ipinag-uutos Niya sa kanya. 24. Kaya’t hayaan ang tao ay magsaalang-alang ng kanyang pagkain (na Aming ipinagkaloob), 25. At kung paano Namin ibinuhos ang saganang tubig, 26. At hinati Namin

ang kalupaan (at pinatag), 27. At pinapangyari Namin na ang butil ay tumubo rito, 28. Ang ubas, at pagkaing halaman (sa mga bakahan), 29. Ang oliba at punong palmera (datiles), 30. At halamanan na makapal (at malago) sa maraming puno, 31. At mga bungangkahoy at Abba (herba, luntiang damo, atbp.), 32. (Bilang) ikabubuhay at pagkain sa inyo at sa inyong bakahan, 33. Hindi maglalaon, at kung sumapit na ang As-Sakhkhah (ang pangalawang pag-ihip ng Tambuli sa Araw ng Muling Pagkabuhay), 34. Sa Araw na ang tao ay tatakas sa kanyang sariling kapatid, 35. At sa kanyang ina at sa kanyang ama, 36. At sa kanyang asawa at sa kanyang mga anak, 37. Sa Araw na ito, ang bawat tao ay mababahala lamang sa kanyang sarili at hindi makakapagbigay ng pansin sa iba. 38. Sa Araw na ito, ang ibang mga mukha ay magniningning na tulad ng bukang liwayway (bilang isang tunay na sumasampalataya sa Kaisahan ni Allah at sa Islam). 39. Na humahalakhak at nagsasaya sa magandang balita (ng Paraiso), 40. Sa Araw na ito, ang ibang mga mukha ay may bahid ng dumi, 41. Ang kadiliman ang lalambong sa kanila, 42. Sila nga ang Kafarah (mga nagtatakwil kay Allah at sa Kanyang Kaisahan at sa Kanyang Tagapagbalita na si Muhammad, atbp.), ang Fajarah (mga mapaggawa ng katampalasanan, buktot, buhong, atbp.).

Ang Pagtiklop

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Kung ang araw (na may lubos at malawak na liwanag) ay tumiklop; 2. At kung ang mga bituin ay mangalaglag, na said ang kanilang kislap, 3. At kung ang kabundukan ay maparam sa pagkaguho (sa isang kisap-mata lamang); 4. At kung ang mga babaeng kamelyo ay nagpapabaya sa kanyang mga batang anak; 5. At kung ang mababangis na hayop ay titipunin nang sama-sama (sa pinaninirahanan ng mga tao); 6. At kung ang karagatan ay maging isang Naglalagablab na Apoy o umapaw (sa matinding unos); 7. At kung ang mga kaluluwa ay muling ibalik sa kani-kanilang katawan; 8. At kung ang sanggol na babae na inilibing ng buhay (na katulad nang ginawa ng mga paganong Arabo) ay tatanungin. 9. Sa anong kasalanan siya ay pinatay? 10. At kung ang Talaan ng mga gawa (mabuti man at masama) ng bawat tao ay ilaladlad; 11. At kung ang kalangitan (sa kaitaasan) ay itambad (sa pagkabiyak) at mawala sa kanyang kinalalagyan; 12. At kung ang Impiyerno ay pagningasin ng nag-aalimpuyong apoy. 13. At kung ang Halamanan (ng Paraiso) ay itambad ng malapit, 14. At ang bawat tao (kaluluwa) ay makakabatid ng bagay na kanyang ginawa (masama man o mabuti).

15. Katotohanang Ako ay sumusumpa sa pamamagitan ng mga buntala na umuurong (alalaong baga, nawawala sa araw at lumilitaw sa gabi). 16. At sa pamamagitan ng mga buntala

na kumikilos nang mabilis at nagkukubli ng kanilang sarili (lumilitaw at naglalaho) 17. At sa pamamagitan ng gabi kung ito ay lumilisan; 18. At sa pamamagitan ng bukang liwayway kung ito ay lumiliwanag; 19. Katotohanan! Ito ang Salita (ang Qur'an) na dinala ng karangal-rangal na Tagapagbalita (Gabriel, mula kay Allah patungo kay Propeta Muhammad). 20. Na ginawaran ng kapangyarihan, at may mataas na antas (at karangalan) kay Allah, ang Panginoon ng Luklukan, 21. Na sinusunod (ng mga anghel), at mapagkakatiwalaan doon (sa kalangitan). 22. O mga tao! Ang inyong Kasama (Muhammad) ay hindi isang baliw (at hindi inaalihan ng masamang bagay); 23. At katotohanang kanyang (Muhammad) napagmalas siya (Gabriel) sa maliwanag na hangganan ng sangkalupaan at kalangitan (tungo sa Silangan). 24. At siya (Muhammad) ay hindi nagkikimkin ng kaalaman ng mga Nakalingid na Bagay. 25. At ito (ang Qur'an) ay hindi salita ng isinumpang si Satanas. 26. Kung gayon, saan ka patutungo? 27. Katotohanan ! Ito (ang Qur'an) ay isang ganap na Kapahayagan sa lahat ng mga nilalang. 28. (Na may kapakinabangan) sa sinuman sa inyo na nagnanais na tumahak nang matuwid, 29. Datapuwa't hindi ninyo ito magagawa malibang loobin ni Allah, ang Tagapagtangkilik at Tagapanustos ng lahat ng mga nilalang.

Ang Pagkabiyak o Pagkalansag

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Kung ang kalangitan ay magbitak sa pagkalansag; 2. At kung ang mga bituin (at buntala) ay mahulog at magsipangalat; 3. At kung ang karagatan ay sumabog sa pag-agos (at matuyuan ng tubig); 4. At kung ang mga libingan ay bumaligtad (upang iluwa ang kanilang laman); 5. (Sa gayon), ang bawat tao (kaluluwa) ay makakaalam kung ano ang kanyang ipinadala at (kung ano) ang kanyang iniwan (na masama at mabuti). 6. O Tao! Ano ang nagtulak sa iyo upang magwalang bahala sa iyong Panginoon, ang Tigib ng Biyaya? 7. Na lumikha sa iyo, at humubog sa iyo ng ganap, at nagbigay sa iyo ng angkop na sukat; 8. Sa anumang anyo na Kanyang naisin, ikaw ay Kanyang inilagay na magkasama (sa katawan, isipan, ispiritwal, atbp.). 9. Hindi! Datapuwa't itinatwa ninyo ang Araw ng Kabayaran (gantimpala sa mabubuting gawa at kaparusahan sa masasamang gawa). 10. Datapuwa't katotohanan na may mga anghel na nangangalaga sa inyo (upang magsulit), 11. Kiraman Katibin, (mabuti at kapuri-puri [sa Paningin ni Allah]), na nagtatala (ng inyong mga gawa), 12. Batid nila ang (lahat) ninyong ginagawa. 13. Katotohanan, ang Abrar (mga matutuwid at matimtimang tao), sasakanila ang Kaligayahan (sa Paraiso); 14. At katotohanan, ang Fujjar (mga tampalasan, walang pananampalataya, makasalanan at mapaggawa ng

kabuktutan), sasakanila ang Naglalagablab na Apoy (ng Impiyerno), 15. Sila ay magsisipasok dito upang lasapin ang nag-aapoy na ningas sa Araw ng Kabayaran, 16. At sila (na mga Fujjar) ay hindi mawawala rito (alalaong baga, hindi sila makakatakas sa Impiyerno), 17. At ano ang makakapaghantong sa iyo upang maalaman kung ano ang Araw ng Kabayaran? 18. At muli, ano ang makakapaghantong sa iyo upang maalaman kung ano ang Araw ng Kabayaran? 19. (Ito ang) Araw na walang sinumang tao (kaluluwa) ang may anumamg kapangyarihan (upang makagawa) ng kahit na ano sa ibang tao (kaluluwa). At sa Araw na ito, tanging kay Allah lamang ang Lubos na Pag-uutos at Pasya.

Surah 83 • Al-Mutaffifin

Ang Gumagawa Ng Pandaraya

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Kasawian sa Al-Mutaffifin (sila na gumagawa ng pandaraya, alalaong baga, ang mga nagbibigay ng kulang sa sukat at timbang at nagbabawas sa mga karapatan ng iba), 2. Sila na kung tatanggap sa mga tao ng may sukat at timbang ay naghahanap ng ganap na sukat at timbang, 3. Datapuwa't kung sila ang magbibigay sa mga tao ng may sukat at timbang ay nagbibigay ng kulang. 4. Hindi baga nila napag-aakala na sila ay ibabangong muli upang tawagin sa Pagsusulit? 5. Sa Dakilang Araw, 6. Sa Araw na yaon, ang buong sangkatauhan ay titindig sa harapan ng

Panginoon ng lahat ng mga nilalang, 7· Katotohanan! Ang Talaan (na kinapapalooban ng mga gawa) ng Fujjar (mga tampalasan, makasalanan, walang pananampalataya, mapaggawa ng kamalian) ay nakatago sa Sijjin. 8· Tunay nga, ano nga ba ang makakapagpahiwatig sa iyo kung ano ang kahulugan ng Sijjin? 9· Isang nasusulat na Talaan. 10· Kasawian sa Araw na yaon sa mga nagtatatwa (kay Allah, sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Tagagapagbalita, sa Araw ng Muling Pagkabuhay at sa Al-Qadar [maka-Diyos na Pagtatakda]). 11· Sa mga nagtatakwil sa Araw ng Kabayaran. 12· At walang sinuman ang makakapagtakwil doon maliban sa mga makasalanan na lumalabag ng labis sa hangganan (ng kawalang pananampalataya, pang-aapi at pagsuway kay Allah), mga Makasalanan! 13· Na kung ang Aming mga Talata (ang Qur'an) ay ipinahahayag sa kanya, siya ay nagsasabi: " Mga kathang isip lamang ng panahong lumipas!" 14· Tunay nga! Ang kanilang puso ay may batik (nababahiran at nalalambungan ng mantsa dahil sa mga kasalanan at masasamang gawa) ng kanilang ginawa. 15· Katotohanan, sa Araw na yaon, ang Habag ng kanilang Panginoon ay ipagkakait sa kanila (ang mga makasalanan ay malalambungan upang hindi nila mamalas ang kanilang Panginoon). 16· Tunay nga! Katotohanang sila ay papasok sa naglalagablab na Apoy ng Impiyerno. 17· At sa kanila ay ipagbabadya: "Ito ang kaganapan (at katotohanan) ng inyong tinalikdan (at tinalikuran)!

18· Katotohanan, ang Talaan ng mga matutuwid (at may pangangamba kay Allah at umiiwas sa kasamaan) ay nakatago sa Illiyyun. 19· Tunay nga, ano nga ba ang kahulugan na ipinapahiwatig ng Illiyyun? 20· Isang nasusulat

na Talaan. 21· Na rito ay sumasaksi at nagpapatotoo ang mga pinakamalapit (kay Allah, alalaong baga, ang mga anghel). 22· Katotohanan, ang mga matutuwid na may pangangamba kay Allah at umiiwas sa kasamaan ay mapapasa-Kaligayahan (sa Paraiso). 23· Sa Luklukan (ng karangalan), at napagmamalas nila ang lahat ng bagay 24· At mababanaag mo sa kanilang mukha ang kislap ng Kaligayahan. 25· Ang kanilang pagkauhaw ay papawiin ng purong alak na natatakpan pa ang sisidlan. 26· At ang huling (tungga) nito (alak) ay katulad ng halimuyak ng musko. At dahil dito, hayaan ang mga nagsisikap na may paghahangad sa kanilang kaligayahan (alalaong baga, ang magmadali sa pagsisigasig sa pagsunod kay Allah); 27· At sa (alak) ay idaragdag pa ang sangkap ng Tasnim. 28· Isang batis, na sa tubig nito ay nagsisiinom ang malalapit kay Allah. 29· Katotohanan! (Sa panahon ng makamundong buhay) ang mga mapaggawa ng katampalasanan ay lagi nang nanglilibak sa mga nananampalataya. 30· At kailanman na sila ay dumaraan sa kanila, (sila ay) nagkikindatan sa isa't isa (bilang panunuya); 31· At kung sila ay magbalik na sa kanilang pamayanan, sila ay bumabalik ng may pagsasaya; 32· At kailanman na kanilang nakikita sila; sila (na hindi sumasampalataya) ay nagsasabi: "Tunay nga! Sila ang mga tao na napaligaw!" 33· Datapuwa't sila (mga hindi sumasampalataya at tampalasan) ay hindi isinugo bilang tagapagbantay sa kanila (mga sumasampalataya). 34· Ngunit sa Araw na ito (ang Araw ng Kabayaran), ang mga sumasampalataya ay hahalakhak sa mga hindi sumasampalataya. 35· Sa luklukan (ng karangalan) ay napagmamalas nila ang lahat ng bagay.

36. Hindi baga ang mga hindi sumasampalataya ay ginantihan (nang ganap) dahil sa kanilang ginawa?

Surah 84 • Al-Inshiqaq

Ang Lansag-lansag na Pagkahati

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Kung ang langit (alapaap) ay lansag-lansag na mabiyak, 2. At duminig sa (pag-uutos ng) kanyang Panginoon, at marapat na gumawa (nito); 3. At kung ang kalupaan ay unatin at patagin, 4. At iluwa niyang lahat ang kanyang laman at maging hungkag, 5. At duminig at tumalima sa kanyang Panginoon, at marapat na gumawa (nito); 6. O tao! Katotohanang ikaw ay magbabalik patungo sa iyong Panginoon –na kasama ang iyong mga gawa (mabuti man at masama), isang tiyak na pagbabalik, kaya't iyong matatagpuan (ang bunga ng iyong mga ginawa). 7. At siya na bibigyan ng kanyang Talaan sa kanyang kanang kamay. 8. Katiyakan na tatanggap siya ng magaan na pagbabalik-tanaw, 9. At siya ay magbabalik sa kanyang pamayanan na lubhang nagagalak! 10. Datapuwa't siya na bibigyan ng kanyang Talaan sa kanyang likuran, 11. Walang pagsala! Siya ay maninikluhod sa kanyang pagkawasak 12. At siya ay papasok sa Nag-aalimpuyong Apoy upang lasapin ang kanyang lagablab. 13. Katotohanan! Siya ay namuhay sa kanyang pamayanan na maligaya (at walang pangamba)! 14. Katotohanang itinuring niya na hindi siya kailanman babalik (sa Amin)! 15. Hindi! Katotohanan,

ang kanyang Panginoon ay lagi nang nagmamasid sa kanya! 16. Kaya tatawagin (Namin) upang sumaksi ang mapanglaw (na kulay) ng takipsilim. 17. At ang gabi sa kanyang nananawagang dilim at anumang kanyang tinitipon; 18. At ang buwan sa kanyang kabilugan, 19. Katiyakang ikaw ay maglalakbay sa magkakaibang antas (sa buhay sa mundong ito at sa Kabilang Buhay). 20. Ano ang nagpapagulo sa kanila at sila ay hindi sumasampalataya? 21. At kung ang Qur'an ay ipinahahayag sa kanila, sila ay hindi nagpapatirapa (sa kapakumbabaan). 22. Bagkus, sa kabalintunaan, ang mga hindi sumasampalataya ay nagtatakwil (dito). 23. Datapuwa't talastas ni Allah ang lahat ng ikinukubli (ng kanilang puso, mabuti man o masama) 24. Kaya't ipahayag sa kanila ang Kasakit-sakit na Kaparusahan. 25. Maliban sa mga sumasampalataya at gumagawa ng kabutihan, katotohanang tatanggapin nila ang Gantimpala na hindi magmamaliw (Paraiso).

Surah 85 • Al-Buruj

Ang Malalaking Pangkat Ng Mga Bituin

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Sa pamamagitan ng alapaap (langit), na naghahawak ng malalaking pangkat ng mga bituin, 2. At sa pamamagitan ng ipinangakong Takdang Araw (ng Paghuhukom); 3. At sa pamamagitan ng araw na sumasaksi (alalaong baga, ang Biyernes), at sa Araw na sinaksihan (alalaong baga,

ang Araw ng Arafat [Hajj], sa ikasiyam ng Dhul Hijja); 4· Kasawian sa mga gumagawa ng balon (ng apoy), 5· Na ang apoy ay tinutustusan ng (maraming) panggatong, 6· Pagmasdan! Sila ay magsisiupo rito (sa apoy), 7· At kanilang nasaksihang (lahat) ang kanilang ginagawa laban sa mga sumasampalataya (alalaong baga, ang pagsunog sa kanila na mga sumasampalataya sa buhay sa mundong ito). 8· Na walang ginawang masama laban sa kanila maliban na sila ay nananampalataya kay Allah, ang Sukdol sa Kapangyarihan at nagtatangan ng Lubos na Kapurihan. 9· Siya (Allah) ang nag-aangkin ng ganap na kapamahalaan at paghahari sa kalangitan at kalupaan! At si Allah ang Saksi sa lahat ng bagay. 10· Katotohanan! Sila na umuusig (at nang-aalipusta) sa mga sumasampalataya, lalaki man at babae, (sa pamamagitan ng pagpapahirap at pagsunog sa kanila) at hindi nagtika (sa pagsisisi kay Allah), katotohanang sasakanila ang lupit ng Impiyerno at makakamtan nila ang kaparusahan ng Naglalagablab na Apoy. 11· Katotohanan! Sa mga sumasampalataya at nagsisigawa ng kabutihan, sasakanila ang Halamanan (ng Kaligayahan) na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso). Ito ang Dakilang Tagumpay. 12· Katotohanan (O Muhammad)! Ang Sakmal (Kaparusahan) ng iyong Panginoon ay matindi. 13· Katotohanan! Siya ang Lumikha sa pinakasimula, at muling magpapanumbalik dito (sa pagkabuhay sa Araw ng Muling Pagbangon), [o di kaya ay: Siya ang nagpasimula ng Kaparusahan at muling magsasagawa nito sa Kabilang Buhay]. 14· At Siya ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Tigib ng Pagmamahal (sa mga matimtiman at matapat na sumasampalataya sa Kaisahan ni Allah at sa Islam), 15· Ang

Panginoon ng Luklukan, ang Puspos ng Kaluwalhatian, 16. Na gumagawa ng lahat na Kanyang maibigan. 17. Nakarating na ba sa inyo ang kasaysayan ng mga Hukbo? 18. Ni Paraon at Tribu ni Thamud? 19. Hindi! (Magkagayunman), ang mga hindi sumasampalataya ay nanatili sa pagtatakwil (kay Propeta Muhammad at sa Kanyang Mensahe ng Katotohanan, ang Islam). 20. Datapuwa't si Allah ang nakalukob sa kanila mula sa likuran! (alalaong baga, talastas Niyang lahat ang kanilang mga gawa at Siya ang magbibigay ganti sa kanilang mga gawa). 21. Walang pagsala! Ito ang Maluwalhating Qur'an! 22. Na nakatitik sa Al Lauh Al Mahfuz (Napapangalagaang Tableta [Kalatas])!

Surah 86 • Surat At-Tariq

Ang Panggabing Panauhin

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Sa pamamagitan ng langit at At-Tariq (ang dumarating na panauhin sa gabi, alalaong baga, ang maningning na bituin); 2. Ah! Ano baga kaya ang ipinapahiwatig sa inyo ng At-Tariq (ang panggabing panauhin)? 3. Ito ay isang Bituin (na may naglalagos) na liwanag; 4. Walang sinumang tao (kaluluwa) ang walang may tagapangalaga sa kanya (alalaong baga, ang mga Anghel na nakatalaga sa bawat tao at nagbabantay sa kanya, na nagtatala ng kanyang mabuti at masamang gawa, atbp.). 5. Ngayon, (hayaan) ang tao ang makatunghay

kung ano ang pinagmulan ng kanyang pagkalikha! 6· Siya ay nilikha mula sa isang patak na sumago, 7· Na nanggagaling sa pagitan ng gulugod at mga tadyang, 8· Katotohanan! Siya (Allah) lamang ang may kakayahan na muling magsauli ng (kanyang) buhay! 9· Sa Araw na ang lahat ng mga lihim (mga gawa, pagdarasal, pag-aayuno, kawanggawa, atbp.) ay mabubunyag at susuriin (kung katotohanan). 10· Kaya't (ang tao) ay walang magiging kapangyarihan at wala ring magiging katuwang. 11· Sa pamamagitan ng alapaap (na may balong ng tubig) na nagpapamalisbis ng ulan nang paulit-ulit. 12· At sa kalupaan na nagbibitak (sa pagsulpot at pagtubo ng mga puno at halaman), 13· Pananganan! Katotohanang ito (ang Qur'an) ang Pahayag na nagbubukod (sa pagkakaiba) ng katotohanan at kabulaanan (ng tumpak at mali at nag-uutos ng mahigpit na mga batas sa sangkatauhan upang masugpo ang ugat ng kasamaan). 14· At ito ay hindi isang bagay na paglilibang lamang. 15· Katotohanang sila ay nagbabalak ng isang pakana (laban sa iyo, O Muhammad)! 16· At Ako (Allah) rin ay nagbabalak ng isang pakana (laban sa kanila). 17· Kaya't bigyan ninyo ng palugit ang mga hindi sumasampalataya (na mamahinga). (Sa ngayon), sila ay pansamantala ninyong pakitunguhan nang mabayanad.

Ang Kataas-taasan

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Luwalhatiin ang Pangalan ng iyong Tagapagtangkilik na Panginoon, ang Kataas-taasan, 2. Na Siyang lumikha (ng lahat ng bagay) at nagbigay ng anyo at kaayusan; 3. Na nagtakda ng Ganap na Sukat (kahihinatnan ng lahat at bawat isa maging sa kabutihan o kasamaan) at nagbigay ng Patnubay (nagturo sa sangkatauhan ng Tumpak at Maling Landas); 4. At nagpatubo ng mga luntiang halamanan at pastulan, 5. At muli ay ginawa, (at Kanyang) ginawa ito na dayami (at bagaso). 6. Sa sunod-sunod na antas ay ipahahayag Namin sa iyo (O Muhammad) ang Mensahe (ang Qur'an) upang hindi mo malimutan, 7. Maliban sa anumang pahintulutan ni Allah. Talastas Niya ang nakalantad at nalilihim. 8. At gagawin Naming magaan ito sa iyo (O Muhammad) upang masunod mo ang Landas (sa paggawa ng mga kabutihan). 9. Kaya't paalalahanan mo (ang mga tao) kung ang pagpapaala-ala ay magbibigay kapakinabangan (sa mga makikinig). 10. Ang panawagan at paala-ala ay diringgin niya na may pangangamba (kay Allah.) 11. Datapuwa't ito ay itatakwil ng mga masasawing palad (sa kaparusahan). 12. Na mahuhulog sa Nag-aalimpuyong Apoy at lalasap ng kanyang paglalagablab, 13. Dito, siya ay hindi mamamatay (upang maginhawahan), o mabubuhay (sa mabuting kalagayan). 14. Katiyakan, ang magtatamo

ng tagumpay ay siya na nagpapadalisay ng kanyang sarili (sa pamamagitan ng pag-iwas sa pagsamba sa mga diyus-diyosan at pagtanggap sa Kaisahan ni Allah at sa Islam). 15. At lumuluwalhati sa Pangalan ng kanyang Tagapagtangkilik na Panginoon (sumasamba lamang kay Allah at wala ng iba), at bukas ang puso sa pananalangin (alalaong baga, ang limang takdang panalangin sa maghapon bukod pa ang mga dasal na ipinagtatagubilin). 16. Datapuwa't minahalaga ninyo ang buhay sa mundong ito na hindi magtatagal; 17. Bagama't ang Kabilang Buhay ay higit na mainam at mananatili. 18. Katotohanang ito ay nasa mga Aklat ng unang kasulatan! 19. Sa mga Kasulatan ni Abraham at Moises.

Surah 88 • Al-Ghashiyah

Ang Kasindak-sindak Na Sandali

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Nakarating na ba sa iyo ang balita ng kasindak-sindak na sandali (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay)? 2. Sa Araw na yaon, ang maraming mukha ay magiging aba (alalaong baga, ang mukha ng mga Hudyo at Kristiyano, atbp.). 3. Na gumagawa (ng buong pagsisikap sa makamundong buhay sa pagsamba sa mga iba tangi pa kay Allah), na tigib ng sakit at napapagal (sa Kabilang Buhay dahilan sa pagkadusta at kahihiyan). 4. Sila ay magsisipasok sa Naglalagablab na Apoy. 5. Sila ay dudulutan ng inumin mula sa kumukulong batis,

6. At walang anumang pagkain dito para sa kanila maliban sa mapait at matinik na bungangkahoy at halaman. 7. Na hindi makakapagbigay lakas o kabusugan sa kanila at makakapawi ng gutom. 8. Sa Araw na ito, ang ibang mukha ay magagalak, 9. Na nasisiyahan sa kanilang pinagsikapan (sa mabubuting gawa na kanilang ginawa sa mundong ito, kasama na ang Tunay na Pananalig sa Kaisahan ni Allah at sa Islam), 10. Sa mataas na Halamanan (Paraiso). 11. Na rito ay hindi nila mapapakinggan ang masamang usapan at kabulaanan, 12. Na rito ay may dumadaloy na batis, 13. Na rito ay may Luklukan ng Karangalan na nakataas, 14. At mga kopita na laging laan, 15. At mga diban na nakasalansan, 16. At mga ginintuang alpombra (karpeta) na nakalatag. 17. Hindi baga nila isinasaalang-alang ang kamelyo kung paano sila nilikha? 18. At ang langit kung paano yaon itinaas? 19. At ang kabundukan kung paano ito nilagyan ng ugat at itinayo nang matatag? 20. At ang kalupaan kung paano ito inilatag nang malawak? 21. Kaya't paalalahanan mo sila (O Muhammad), ikaw ay isa lamang tagapagpaala-ala. 22. Ikaw ay walang pananagutan na pamahalaan ang kanilang pamumuhay. 23. Datapuwa't kung sinuman ang tumalikod at hindi sumampalataya (kay Allah) at walang pananalig, 24. Kung gayon, si Allah ang magpaparusa sa kanya ng kasakit-sakit na Kaparusahan. 25. Katotohanang sa Amin ang kanilang hantungan. 26. At katotohanang Kami ang nakakapangyari upang tawagin sila sa Pagsusulit.

Ang Bukang Liwayway

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1· Sa pamamagitan ng Bukang Liwayway; 2· Sa pamamagitan ng sampung gabi (alalaong baga, ang unang sampung araw ng buwan ng Dhul-Hijja); 3· Sa pamamagitan (ng bilang) na pantay at gansal (sa lahat ng mga nilalang ni Allah); 4· At sa pamamagitan ng gabi kung ito ay lumilipas; 5· Katotohanang narito (sa mga sumpang pahayag) ang sapat na katibayan sa mga tao na may ganap na pang-unawa (at dahil dito, sila ay marapat na umiwas sa lahat ng mga kasalanan at kawalang pananalig, atbp.)! 6· Hindi mo ba namamalas ([o napagtatanto] O Muhammad) kung paano itinuring ng iyong Panginoon ang angkan ni A'ad? 7· Ng lunsod ng Imran, na may matataas na haligi, 8· Ang katulad nito ay hindi ginawa sa (lahat) ng lupain? 9· At sa angkan ni Thamud na bumabaak ng malalaking bato sa paanan ng bundok (upang gawing tirahan)? 10· At kay Paraon na may mga talasok (na nagpapahirap sa mga tao sa pamamagitan ng pagtatali sa mga talasok)? 11· Na nagmalabis sa lahat ng hangganan ng kalupaan (sa pagsuway kay Allah). 12· At nagsagawa rito ng napakaraming kabuktutan. 13· Kaya't ang iyong Panginoon ay naggawad sa kanila ng iba't ibang uri ng kaparusahan. 14· Katotohanan, ang iyong Panginoon ay Laging Nagmamasid (sa kanila). 15· At ang tao, kung siya ay subukan ng (kanyang) Panginoon at gawaran ng biyaya at

karangalan; kanyang sasalitain (ng may pagmamalaki): “Ang aking Panginoon ay nagparangal sa akin!” 16· Datapuwa’t ang tao, kung siya ay Kanyang subukan at higpitan ang pinagkukunan ng kanyang biyaya; kanyang sasalitain (sa kawalang pag-asa): “Ang aking Panginoon ay humamak (umaba) sa akin!” 17· Hindi! Katotohanang ikaw ay hindi lumilingap sa mga ulila (maging ang pakitunguhan sila ng mabuti, o ipagkaloob sa kanila ang nararapat nilang mana)! 18· At walang malasakit na pakainin ang naghihikahos! 19· At kinamkam mo ang (kanilang) pamana, ang lahat - sa pagiging gahaman, 20· At nagmamahal ka sa iyong kayamanan ng labis-labis na pagmamahal! 21· Hindi! Kung ang kalupaan ay durugin ng pinung-pino, 22· At ang iyong Panginoon ay pumarito na kasama ng pangkat-pangkat na anghel, 23· At ang Impiyerno, sa Araw na ito ay matatambad ng malapit. Sa Araw na ito, ang tao ay makakaala-ala, datapuwa’t paano kaya na ang gayong pag-aala-ala ay makakatulong sa kanya? 24· Siya ay magsasabi: “Ah! Sana ay pinaghandaan ko ito (ng mabubuting gawa) tungo sa aking darating na (ibang) buhay!” 25· Sa Araw na ito, ang Kanyang kaparusahan (ng sakit at lumbay) ay hindi maipadadama ng sinuman (maliban sa Kanya). 26· At ang Kanyang paggapos (sa piitan) ay hindi maipadadama ng sinuman (maliban sa Kanya). 27· (At sa mabubuting kaluluwa ay ipagbabadya): “O (ikaw na) kaluluwa, sa (ganap) na kapahingahan at kasiyahan! 28· Magbalik ka sa iyong Panginoon, na nalulugod (sa iyong sarili) at iyong tamasahin ang Kanyang lugod! 29· Halika, pumasok ka sa lipon ng Aking mararangal na alipin, 30· Katotohanan, pumasok ka sa Aking Langit (Paraiso)!”

Ang Lungsod

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ako ay sumusumpa sa pamamagitan ng Lungsod na ito (ang Makkah); 2. At ikaw ay isa sa (malayang) mamamayan ng Lungsod na ito 3. At sa pamamagitan ng nagsilang ([o naging ama] , alalaong baga ay si Adan) at ang isinilang ([o naging anak] , alalaong baga, ang kanyang naging lahi); 4. Katotohanang Aming nilikha ang tao sa paggawa at pagsisikap (sa pakikitalad sa buhay). 5. Inaakala ba niya na walang sinuman ang may kakayahan na makakapangyari sa kanya? 6. At siya ay nagtuturing (sa kapalaluan): "Aking nilustay ang kayamanan sa pagmamalabis!" 7. Inaakala ba niya na walang sinuman ang nakakamatyag sa kaniya ? 8. Hindi baga Namin nilikha ang kanyang dalawang mata? 9. At ang dila, at dalawang labi? 10. At Aming pinatnubayan siya sa dalawang landas (ng tumpak at mali)? 11. Datapuwa't siya ay hindi nagsumikap na tahakin ang matarik na daan (ng kaligtasan)? 12. At ano nga ba ang ipinapahiwatig ng matarik na daan (ng pag-akyat)? 13. (Ito nga): Ang pagpapalaya sa isang leeg (alipin, atbp.); 14. At pagbibigay ng pagkain sa panahon ng taggutom (at pagdarahop), 15. Sa ulila na may kawing ng pagkakamag-anak, 16. At sa naghihikahos (na lugmok sa kahirapan). 17. Kung magkagayon, siya ay isa sa mapapabilang sa mga sumasampalataya at nagtatagubilin sa isa't isa sa pagiging matimtiman at matiyaga, at (gayundin)

ay nagtatagubilin sa isa't isa sa pagiging maawain at bukas ang puso. 18. Ang kanilang lugar ay nasa Kanang Kamay (ang magsisipanirahan sa Paraiso), 19. Datapuwa't sila na hindi sumampalataya sa Aming Ayat (katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.), sila nga ang titipunin sa Kaliwang Kamay (ang magsisipanirahan sa Impiyerno). 20. Sa kanila ang Apoy ay ilulukob nang ganap (alalaong baga, sila ay mababalot ng Apoy na walang anumang singawan, butas o bintana).

Surah 91 • Ash-Shams

Ang Araw

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. At sa pamamagitan ng Araw at sa kanyang marilag na liwanag; 2. At sa pamamagitan ng Buwan kung siya ay sumusubaybay sa kanya (Araw); 3. At sa pamamagitan ng Maghapon kung ito ay nagpapamalas ng kasikatan (ng Araw); 4. At sa pamamagitan ng Gabi kung ito ay lumulukob sa kanya (Araw); 5. At sa pamamagitan ng Kalangitan (Alapaap) at sa Kanya na lumikha roon; 6. At sa pamamagitan ng Kalupaan at Siya na naglatag dito; 7. At sa pamamagitan ng Nafs (si Adan, o tao, o kaluluwa, atbp.), at Siya na lumikha sa kanya nang ganap at angkop na sukat; 8. At Kanyang ipinamalas (sa inspirasyon) sa kanya kung ano ang tumpak at mali; 9. Katotohanang siya na nagpapadalisay ng kanyang sarili ay magtatagumpay (alalaong baga, sumunod at magsagawa ng lahat ng mga ipinag-uutos ni

Allah sa pamamagitan ng pagsunod sa Tunay na Pananalig at paggawa ng mga kabutihan). 10. At katotohanang siya na nagpapasama sa kanyang sarili ay mabibigo (alalaong baga, pagsuway sa mga ipinag-uutos ni Allah sa pamamagitan ng pagtatakwil sa Tunay na Pananalig at pagsamba sa mga diyus-diyosan at paggawa ng mga kasalanan at kabuktutan). 11. (Ang pamayanan) ni Thamud ay nagtatwa (sa kanilang Propeta) sa pamamagitan ng kanilang paglabag sa kautusan (pagtatakwil sa Tunay na Pananalig at pagsamba sa mga diyus-diyosan at paggawa ng lahat ng uri ng kasalanan). 12. Pagmasdan! Ang pinakabuktot na tao sa kanilang lipon ay lumantad (upang patayin ang babaeng kamelyo na siyang ipinadala bilang Tanda ni Allah sa Kanyang Propetang si Salih). 13. Datapuwa't ang Tagapagbalita ni Allah (Salih) ay nagturing sa kanila: "Maging maingat! Pangambahan ninyo ang masamang kahihinatnan. Iyan ay isang babaeng kamelyo ni Allah! (Siya ay huwag ninyong saktan) at huwag siyang pigilan na uminom!" 14. Datapuwa't sila ay nagtakwil sa kanya (bilang huwad na propeta), at kanilang binigti ito (ang babaeng kamelyo). Kaya't ang kanilang Panginoon ay sumumpa sa kanilang mga kasalanan at winasak silang lahat (mayaman, mahirap, mahina, malakas, mga tahanan, atbp.). 15. At Siya (Allah) ay hindi nangangamba sa anumang kahihinatnan nito (o sa susunod na magaganap).

Ang Gabi

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Sa pamamagitan ng Gabi habang lumulukob (sa liwanag); 2. At sa pamamagitan ng Araw habang ito ay namamanaag sa pagsikat; 3. At sa pamamagitan Niya na lumikha ng lalaki at babae; 4. Katotohanan, ang inyong pinagsusumikapan at mga gawa ay magkakaiba (sa layunin); 5. At sa kanya na nagbibigay (sa kawanggawa) at nananampalataya at may pangangamba kay Allah, 6. At (buong katapatan) na nananampalataya sa Al-Husna (ang Pinakamainam, alalaong baga, isang gantimpala mula kay Allah, na si Allah ang magbabayad sa anumang kanyang ginugol tungo sa Kapakanan ni Allah o maggagawad sa kanya ng Paraiso). 7. Katotohanang gagawin Naming magaan sa kanya ang Landas patungo sa Kaluwalhatian. 8. Datapuwa't siya na makasarili at mapag-imbot at nagpapalagay na may sarili siyang kasapatan (alalaong baga, na nasa kanya ang lahat ng bagay). 9. At hindi nananangan sa Al-Husna (ang Pinakamainam na gantimpalang manggagaling kay Allah, tingnan ang Talata bilang 6); 10. Katotohanang gagawin Naming magaan sa kanya ang Landas patungo sa Kapariwaraan; 11. At anong kapakinabangan ang maidudulot sa kanya ng kanyang kayamanan sa sandaling siya ay ibulid sa Balon (ng Apoy ng Impiyerno). 12. Katotohanan! Nasa sa Amin ang pagbibigay ng

Patnubay, 13. At Katotohanang Kami ang nagtataglay (ng kapamahalaan) ng Katapusan (Kabilang Buhay) at ng Simula (ang Buhay sa mundong ito). 14. Kaya't kayo ay Aking binabalaan ng Naglalagablab at Umaalimpuyong Apoy (Impiyerno); 15. Walang ibang papasok dito maliban sa mga tampalasan, 16. Na nagpapasinungaling sa Katotohanan at tumatalikod. 17. Datapuwa't sa Muttaqun (mga matimtiman at matutuwid na tao na lubos na sumasampalataya kay Allah), ay malayo rito (Impiyerno). 18. Sila na gumugugol ng kanilang kayamanan upang magkamit ng kadalisayan (sa kanilang sarili). 19. At wala siyang iniisip na pag-asam ng ganti sa sinuman (na kanyang dinamayan). 20. Maliban lamang sa kanyang hangarin na mapaghanap ang Bukas na Mukha ng kanyang Panginoon, ang Kataas-taasan; 21. Katiyakang Siya ay malulugod (kung siya ay papasok na sa Paraiso).

Surah 93 • Surat Ad-Duha

Bago Tumanghali

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Sa pamamagitan ng katanghalian (matapos ang maluwalhating sikat ng umaga); 2. At sa pamamagitan ng Gabi kung ito ay pusikit; 3. Ang iyong Panginoon (O Muhammad) ay hindi tumalikod sa iyo o namuhi sa iyo. 4. At katotohanan, ang Kabilang Buhay ay higit na mainam sa iyo kaysa sa kasalukuyang buhay (ng mundong ito). 5. At katotohanan, ang iyong Panginoon ay magkakaloob sa

iyo (ng lahat ng mabuti), upang ikaw ay lubos na masiyahan. 6. Hindi baga ikaw (O Muhammad) ay natagpuan Niya na isang ulila at ikaw ay pinagkalooban Niya ng masisilungan? 7. At Kanyang natagpuan na ikaw ay walang kamuwangan (sa Qur'an, sa mga legal na batas nito, sa pagka-propeta, atbp.) at ikaw ay ginawaran Niya ng patnubay? 8. At Kanyang namasdan na ikaw ay nangangailangan at ikaw ay ginawa Niyang maalwan (may sariling kasapatan at nasisiyahan, atbp.). 9. Kaya't huwag mong ituring ang ulila ng may pang-aapi. 10. At huwag mong talikdan ang humihingi; 11. At ipagbunyi mo ang Kasaganaan ng iyong Panginoon (alalaong baga, ang pagka-Propeta at lahat ng iba pang Biyaya).

SURAH 94 • ASH-SHARH

ANG PAGPAPALUBAG NG DIBDIB

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Hindi baga Aming binuksan ang iyong dibdib para sa iyo (O Muhammad)? 2. At pinawi sa iyo ang pasan mong hirap, 3. Na nagpapabigat sa iyong likuran? 4. At iniakyat nang mataas ang iyong kabantugan? 5. Katotohanan! Sa bawat kahirapan ay may kaginhawan, 6. Katotohanan, sa kahirapan ay may kaginhawahan (alalaong baga, mayroong isang kahirapan sa dalawang ginhawa, kaya't ang isang kahirapan ay hindi maaaring dumaig sa dalawang ginhawa). 7. Kaya't kung ikaw ay matapos na (sa iyong hanapbuhay o pinagkakaabalahan), kung gayon, ikaw ay tumindig sa pagsamba kay Allah (alalaong baga, ang tumindig sa pananalangin). 8. At sa iyong Panginoon mo (lamang)

ibaling (ang lahat mong pansin at pag-asa) at iyong mga panikluhod.

Surah 95 • At-Tin

Ang Igos

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1· Sa pamamagitan ng Igos at sa pamamagitan ng Oliba, 2· Sa pamamagitan ng Bundok ng Sinai, 3· At sa pamamagitan ng Lupain ng Kaligtasan (Makkah), 4· Katotohanang Aming nilikha ang tao sa ganap na anyo (at sukat). 5· At pagkatapos ay Aming ibinaba siya sa pinakamababa sa lahat ng mababa, 6· Maliban sa mga may pananalig (sa Islam at Kaisahan ni Allah) at may matutuwid na gawa, kung gayon, sasakanila ang gantimpala na walang hanggan (Paraiso). 7· Kung gayon, ano (o sino) ang nagtulak sa inyo (O mga walang pananampalataya) na itatwa ang Kabayaran (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay). 8· Hindi baga si Allah ang Pinakamaalam sa lahat ng Hukom?

Surah 96 • Al-Alaq

Ang Namuong Dugo

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1· Ipahayag! Sa Ngalan ng iyong Panginoon at Tagapagtaguyod na lumikha sa lahat ng bagay. 2· Na lumikha sa tao mula sa namuong patak ng dugo. 3· Ipahayag! Ang iyong Panginoon ang Pinakamapagbigay. 4· Na nagturo sa tao (ng pagsulat) sa pamamagitan ng panulat (ang unang tao na sumulat ay

si Propeta Idris [Enoch]). 5· Na nagturo sa tao ng hindi niya nalalaman. 6· Hindi! Katotohanan, ang tao ay lumabag sa lahat ng hangganan (ng pagsuway, kawalan ng pananalig at kasamaan, atbp.). 7· Sapagkat itinuturing niya ang kanyang sarili na may sariling kasapatan (hindi nangangailangan ng anumang tulong). 8· Katiyakan! Sa iyong Panginoon ang pagbabalik (ng lahat). 9· Nakikita mo ba (O Muhammad) siya na humahadlang (alalaong baga, si Abu Jahl), 10· Sa isang alipin (Muhammad) kung siya ay nananalangin? 11· Sabihin mo sa akin, kung siya (Muhammad) ay nasa patnubay (ni Allah)? 12· O nagtatagubilin sa kabanalan? 13· Sabihin mo sa akin kung siya (na walang pananalig, si Abu Jahl) ay nagtatatwa (sa Katotohanan, alalaong baga sa Qur'an), at tumatalikod? 14· Hindi baga niya nababatid na si Allah ang nakakamasid (ng kanyang ginagawa)? 15· Hindi! Kung siya (Abu Jahl) ay hindi titigil, Aming kakaladkarin siya sa kanyang buhok na nakalawit sa noo, 16· Isang nagsisinungaling at makasalanang buhok na nakalawit sa noo! 17· At hayaan siyang tumawag (ng tulong) sa lipon (ng kanyang mga kapanalig), 18· Tatawagin Namin ang mga tagapagbantay ng Impiyerno (anghel ng kaparusahan upang harapin siya)! 19· Hindi! (O Muhammad)! Huwag mo siyang sundin (Abu Jahl), bagkus ay magpatirapa ka at lumapit kay Allah!

Surah 97 • Surat Al-Qadr

Ang Gabi Ng Pag-uutos o Kapangyarihan

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1· Katotohanang Aming ipinanaog ang Kapahayagan (ang Qur'an) sa Gabi ng Al-Qadr (Kautusan o Kapangyarihan).

2· At ano ang makakapagpahiwatig sa iyo kung ano ang Gabi ng Kautusan o Kapangyarihan? 3· Ang Gabi ng Al-Qadr (Kautusan o Kapangyarihan) ay higit na mainam sa isang libong buwan (alalaong baga, ang pagsamba kay Allah sa Gabing ito ay higit na mainam kaysa sa pagsamba sa Kanya sa isang libong buwan o 83 taon at 4 na buwan). 4· Dito ay bumababa ang mga anghel at Ruh (Gabriel) sa kapahintulutan ni Allah na may lahat ng Pag-uutos, 5· Kapayapaan! (Sa buong Gabing ito ay mayroong Kapayapaan at Kabutihan mula kay Allah sa Kanyang nananampalatayang mga alipin), hanggang sa pagdatal ng bukang liwayway.

SURAH 98 • AL-BAIYINAH

ANG MALINAW NA KATIBAYAN

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1· Yaong mga hindi sumasampalataya sa lipon ng Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) at sa pangkat ng mga Pagano (mapagsamba sa diyus-diyosan), at hindi nila iiwan (ang kanilang kawalan ng pananalig) hanggang sa dumatal sa kanila ang Malinaw na Katibayan. 2· Isang Tagapagbalita (Muhammad) mula kay Allah, na dumadalit ng mga dalisay na pahina (ng Qur'an, dalisay sa Al-Batil [kabulaanan, kasinungalingan, atbp.]). 3· Na nagtataglay ng tumpak at tuwid na mga batas mula kay Allah. 4· At ang Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ay hindi gumagawa ng pagkakaiba noon (sa mga Batas, sa mga Propeta, atbp.) maliban na lamang nang dumatal sa kanila ang Malinaw na Katibayan (alalaong baga, si Propeta

Muhammad at anumang ipinahayag sa kanya). 5· At sila ay hindi pinag-utusan maliban lamang na kanilang sambahin si Allah, at huwag sumamba sa iba maliban pa sa Kanya (huwag mag-akibat ng mga katambal sa Kanya), at nag-aalay ng panalangin nang mahinusay (Iqamat-us-Salat), at nagkakaloob ng Zakat (katungkulang kawanggawa), at ito ang Tumpak na Pananampalataya. 6· Katotohanan, sila na hindi sumasampalataya (sa relihiyong Islam, sa Qur'an at kay Propeta Muhammad) sa lipon ng Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) at mga Pagano (mapagsamba sa mga diyus-diyosan), ay mananahan sa Apoy ng Impiyerno. Sila ang pinakamasama sa lahat ng mga nilalang. 7· Katotohanan, sila na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Kanyang Tagapagbalitang si Muhammad, kasama na rito ang lahat ng mga katungkulang ipinag-uutos sa Islam) at nagsisigawa ng matutuwid at mabubuting gawa, sila ang pinakamainam sa lahat ng mga nilalang. 8· Ang kanilang gantimpala sa kanilang Panginoon ay Halamanan ng Kawalang Hanggan (Paraiso), na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy, mananahan sila rito magpakailanman, si Allah ay tunay na nalulugod sa Kanila, gayundin naman sila kay Allah. Ito ay para sa kanya na may pangangamba kay Allah.

SURAH 99 • AZ-ZALZALAH

ANG LINDOL

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1· Kung ang Kalupaan ay mayanig sa kanyang (matinding) paglindol. 2· At kung ang Kalupaan ay magluwa ng kanyang mga dalahin, 3· At ang tao ay magsasabi: "Ano

ang nangyayari (at nagpapagulo) sa kanya?” 4· Sa Araw na kanyang ipagsasaysay ang balita at kaalaman (sa mga naganap sa kanya na mga kabutihan at kasamaan). 5· Sapagkat ang iyong Panginoon ay nagbigay sa kanya ng tagubilin. 6· Sa Araw na ang sangkatauhan ay magsisilakad sa magkakahiwalay na pangkat upang itambad sa kanila ang kanilang mga gawa. 7· Kaya’t sinuman ang gumawa ng mabuting gawa na katumbas ng bigat ng isang atomo (o isang maliit na langgam), ay makakamalas nito. 8· At ang sinumang gumawa ng masamang gawa na katumbas ng bigat ng isang atomo (o isang maliit na langgam), ay makakamalas nito.

Surah 100 • Al-Adiyat

Silang Mga Tumatakbo

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1· Sa pamamagitan (ng mga kabayo) na tumatakbo na nangangapos (ang hininga), 2· Na kumikiskis ang tilamsik ng apoy (sa kanilang mga paa), 3· At gumagalugad sa pagsalakay sa bukang liwayway, 4· At pansamantalang nagtataas ng alikabok sa mga ulap, 5· At nagpupumilit na makapasok sa gitna (ng kaaway); 6· Katotohanan! Ang tao (na walang pananampalataya) ay walang pagtanaw ng utang na loob sa kanyang Panginoon; 7· At katotohanan na siya ay nagbibigay patotoo (sa pamamagitan ng kanyang mga gawa); 8· At katotohanang siya ay marahas sa kanyang pagmamahal sa kayamanan. 9· Hindi baga niya batid kung ang laman ng mga libingan ay ilabas at matambad (alalaong baga, ang sangkatauhan ay muling bubuhayin). 10· At ang lihim ng dibdib (ng mga tao) ay mabubunyag.

11. Katotohanang sa Araw na ito (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay), ang kanilang Panginoon ay Lubos na Nakakaalam (sa kanilang mga gawa, at Kanyang babayaran sila ayon sa kanilang mga gawa).

Surah 101 • Al-Qariah

Ang Araw Ng Pagkaguliham

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Al-Qariah (ang Sandali ng Dagundong at Matinding Pagsabog, alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay), 2. Ano nga ba (ang Sandali) ng dagundong at matinding pagsabog? 3. At ano nga ba ang magpapahiwatig sa iyo (kung ano ang Sandali) ng dagundong at matinding pagsabog? 4. Ito ang Araw na ang sangkatauhan ay matutulad sa mga gamu-gamo na makapal na nakakalat, 5. At ang kabundukan ay tila ba gusot na himaymay ng lana, 6. At sa kanya na ang timbang (ng mabubuting gawa) ay masusumpungan na mabigat, 7. Siya ay mamumuhay sa ligaya at saya (sa Paraiso). 8. Datapuwa't sa kanya na ang timbang (ng mabubuting gawa) ay masusumpungan na magaan, 9. Kanyang magiging tahanan ang Hawiya (walang hanggang Hukay sa Impiyerno). 10. At ano ang magpapahiwatig sa iyo kung ano ito (ang Hawiya)? 11. (Ito) ay isang mainit na Nag-aalimpuyong Ningas!

Surah 102 • At-Takathur

Ang Pagtitipon Ng Mga Makamundong Bagay

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ang pakikipagpaligsahan sa pagtitipon ng mga makamundong bagay ay nakakapanaig sa inyo upang lumihis (sa higit na mabubuting bagay), 2. Hanggang sa inyong dalawin ang libingan (alalaong baga, hanggang kayo ay mamatay). 3. Walang pagsala! Inyong mapag-aalaman (ang katotohanan)! 4. At muli, ay inyong mapag-aalaman (ang katotohanan)! 5. Hindi! Kung inyo lamang nababatid ng may tiyak na kaalaman (ang kahihinatnan ng pagtitipon ng kayamanan, hindi sana ninyo ginugol ang inyong panahon sa mga makamundong bagay)! 6. Walang pagsala! Inyong mapagmamalas ang Naglalagablab na Apoy (Impiyerno)! 7. At muli, walang pagsala na inyong matutunghayan ito! 8. At sa Araw na ito, kayo ay tatanungin hingil sa kasiyahan (na inyong pinagpasasaan sa mundong ito)!

Surah 103 • Surat Al-Asr

Sa Paglipas Ng Panahon

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Sa pamamagitan ng Al-Asr (paglipas ng mga sandali sa tangkay ng panahon). 2. Katotohanan! Ang tao ay nasa kawalan (at pagkapahamak), 3. Maliban sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam), at nagsisigawa ng mga kabutihan at magkabalikat sa pagtuturo ng Katotohanan (alalaong baga, nagtatagubilin

sa kanya [kanila] na magsagawa ng lahat ng uri ng mabubuting gawa na ipinag-uutos ni Allah at pag-iwas sa lahat ng masasamang gawa na ipinagbabawal ni Allah), at nagtatagubilin sa isa't isa sa pagtitiyaga at pagiging matatag (sa mga pagdurusa, kapinsalaan, at sakit na maaaring maranasan ng sinuman sa panahon ng kanyang pangangaral ng Kanyang Pananampalataya, atbp., tungo sa Kapakanan ni Allah).

Surah 104 • Al-Humazah

Ang mga Makakating Dila

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Kasumpa-sumpa (sa kaparusahan) ang bawat makakating dila na naninirang puri at yumuyurak sa talikuran. 2. Na nagsasalansan at nagtitipon ng mga kayamanan, 3. Na nagpapalagay na ang kanyang kayamanan ay makakapagpahaba ng kanyang buhay nang walang hanggan! 4. Walang pagsala! Katotohanang siya ay ihahagis sa Dumudurog na Apoy. 5. At ano nga ba ang makakapagpahiwatig sa iyo kung ano ang Dumudurog na Apoy? 6. Ito ang Apoy ng Poot ni Allah na Naglalagablab ang Ningas, 7. Na sasadlak sa puso (ng mga tao). 8. Katotohanang ito ang lulukob sa kanila, 9. Sa mga haligi sa mahabang hanay (alalong baga, sila ay paparusahan sa Apoy na may mga haligi, higaan, atbp.)

Surah 105 • Al-Fil

Ang Elepante

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Hindi mo ba napagmalas (O Muhammad) kung paano pinakitunguhan ng iyong Panginoon ang may-ari ng Elepante? [ang hukbo ng mga elepante na nanggaling sa Yemen sa pamumuno ni Abraha Al-Ashram na nagnanais na wasakin ang Ka'ba sa Makkah]. 2. Hindi baga Niya hinadlangan ang kanilang (masamang) balak at (sila ay) mapaligaw? 3. At isinugo Niya laban sa kanila ang mga kawan ng ibon, 4. Na pumupukol sa kanila ng mga bato ng Sijjil (mga batong gawa sa matigas na putik). 5. At Kanyang ginawa sila na tila mga hungkag na bukirin ng mga dayami (na ang mais dito ay ginasak at kinain ng mga baka).

Surah 106 • Al-Quraish

Ang Quraish

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Sa pagiging bihasa ng mga (Angkan) ni Quraish, 2. (Ay Aming hinayaan) ang mga sasakyan (ng mga Quraish) na bumiyahe ng ligtas sa Taglamig (patungong Timog), at sa Tag-init (patungong Hilaga, ng walang anumang pangangamba), 3. Kaya't hayaan sila na sumamba (kay Allah), ang Panginoon ng Tahanang ito (ang Ka'ba sa Makkah). 4. (Siya, si Allah) ang nagkaloob sa kanila ng pagkain laban sa pagkagutom at laban sa anumang pangamba (at panganib).

Surah 107 • Al Ma'un

Ang Maliit Na Kabutihan

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Napagmamasdan mo ba siya na nagtatatwa sa Paghuhukom (na daratal)? 2. Kung gayon, siya nga ang (may kagaspangan sa pag-uugali) na tumatangging magbigay ng tulong sa ulila , 3. At hindi natitigatig na magbigay ng biyaya upang pakainin ang naghihikahos, 4. Kaya't kasawian (sa mga mapagkunwari) na nagsasagawa ng pagdalangin, 5. Na nagpapabaya ng kanilang pagdalangin sa takdang oras, 6. Na nagsasagawa lamang ng kabutihan upang mamalas (ng mga tao), 7. Datapuwa't tumatangging magbigay ng kahit na katiting na tulong (alalaong baga, kahit na isang dakot na asin, asukal, isang baso ng tubig, atbp.).

Surah 108 • Al-Kawthar

Ang Kasaganaan

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Katotohanang sa iyo (O Muhammad) ay ipinagkaloob Namin ang Al-Kawthar (isang Bukal sa Paraiso). 2. Kaya't sa iyong Panginoon mo lamang ikaw ay mag-ukol ng Dalangin at Pag-aalay. 3. At sa mga namumuhi sa iyo (O Muhammad), siya ay pagkakaitan (ng bawat mabuting bagay sa mundong ito at pag-asang maaasam sa Kabilang Buhay).

Ang Mga Nagtatakwil Sa Pananampalataya

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ipagbadya: "O kayong nagtatakwil sa Pananampalataya!" [alalaong baga, ang mga walang pananalig kay Allah, sa Kanyang Kaisahan, sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Aklat, sa Kanyang mga Tagapagbalita, sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sa Al-Qadar (maka-Diyos na kasasapitan), atbp.]. 2. Ako ay hindi sumasamba sa inyong sinasamba, 3. At hindi ninyo sasambahin ang aking sinasamba. 4. At ako ay hindi sasamba sa inyong sinasamba. 5. At hindi ninyo sasambahin ang aking sinasamba. 6. Sa inyo ang inyong pananampalataya at sa akin ang tunay na Daan ng Pananampalataya (pagsamba kay Allah at sa Kanyang Kaisahan, ang nag-iisang tunay na Diyos).

Ang Pagkalinga

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. At nang dumatal (sa iyo, O Muhammad) ang kalinga ni Allah at tagumpay (laban sa iyong kaaway), 2. At iyong napagmamasdan ang mga Tao na nagsisipasok sa Pananampalataya ni Allah (Islam) nang maramihan, 3. Kaya't ipagbunyi mo ang mga Papuri sa iyong Panginoon at manalangin na igawad Niya ang Kanyang Kapatawaran. Siya ang tumatanggap ng pagsisisi at nagpapatawad.

Surah 111 • Surat Al Masad

Ang Himaymay Ng Palmera

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Maglaho ang mga kamay ni Abu Lahab (ang tiyuhin ng Propeta), ang Ama ng Apoy, maglaho siya! 2. Ang kanyang kayamanan at kanyang mga anak, (atbp.), ay walang magiging kapakinabangan sa kanya! 3. Hindi magtatagal, siya ay sisilaban sa Naglalagablab na Apoy! 4. Gayundin, ang kanyang asawa ay magdadala ng mga tuyong kahoy (mga tinik ng Sadan na kanyang iniuumang sa landas ng Propeta, o ang kanyang paninirang puri sa Propeta), bilang panggatong. 5. Sa kanyang leeg ay nakapulupot ang lubid ng Masad (mga himaymay ng palmera).

Surah 112 • Surat Al-Ikhlas

Ang Kadalisayan Ng Pananampalataya

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ipagbadya (O Muhammad): Siya si Allah, ang Tangi at Nag-iisa. 2. Allah-us-Samad! Ang Walang Hanggan, ang Sakdal at Ganap (ang may Sariling Kasapatan, ang lahat ng mga nilalang ay umaasa sa Kanyang pagtataguyod, datapuwa't Siya ay hindi kumakain o umiinom). 3. Hindi Siya nagkaanak at hindi rin Siya ipinanganak. 4. At walang anumang sa Kanya ay makakatulad.

Surah 113 • Al-Falaq

Ang Bukang Liwayway

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ipagbadya: Ako ay naghahanap ng Kaligtasan (kay Allah), ang Panginoon ng Bukang Liwayway. 2. Mula sa kasamaan at kabuktutan ng mga nilalang. 3. Mula sa kasamaan at kabuktutan ng kadiliman kung ito ay lumalaganap. 4. At mula sa kasamaan at kabuktutan ng mga nagsasagawa ng Karunungang Itim (mga panggagaway), kung sila ay umiihip sa mga buhol (o nakabuhol). 5. At mula sa kasamaan at katampalasanan ng isang mainggitin habang siya ay naninibugho (sa pagkainggit).

Surah 114 • An-Naas

Ang Sangkatauhan

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

1. Ipagbadya: Ako ay naghahanap ng Kaligtasan (kay Allah), ang Panginoon at Tagapagtangkilik ng sangkatauhan, 2. Ang Hari (o Tagapamahala) ng sangkatauhan, 3. Ang Ilah (Diyos) ng sangkatauhan. 4. Mula sa kasamaan at kabuktutan ng isang bumubulong (ang demonyo na bumubulong sa puso ng mga tao), na kagyat na lumilisan sa kanyang pagbulong (sa puso ng tao, kung ang binubulungan ay nakaala-ala kay Allah), 5. Na bumubulong sa mga dibdib ng sangkatauhan, 6. Ng mga Jinn (mga nilikha ni Allah na katulad ng mga tao na may kalayaan na sumunod o sumuway sa pag-uutos ni Allah, datapuwa't nakalingid sa atin), at mga Tao. [Tunghayan ang Surah 72 (Al-Jinn) para sa karagdagang kaalaman].

Ang Maluwalhating

Quran

Ang bawat libro ay may mga layunin at ang layunin ng Quran ay upang maunawaan ng tao ang plano ng Paglikha ng Allah (ang Diyos). Iyon ay, upang sabihin sa tao kung bakit nilalang ng Allah (ang Diyos) ang mundong ito; kung ano ang layunin ng paninirahan ng tao sa lupa; kung ano ang kinakailangan mula sa tao sa kanyang buhay ng maikling panahon ng kamatayan, at kung ano ang kanyang haharapin pagkatapos ng kamatayan. Ang tao ay ipinanganak bilang isang walang hanggang nilalang. Nang nilikha ng Allah (ang Diyos) ang tao sa gayon, hinati niya ang kanyang buhay sa dalawang panahon, ang panahon bago ng kamatayan, na panahon ng pagsubok, at ang panahon matapos mamatay, na panahon para sa pagtanggap ng mga gantimpala o kaparusahan na nakamit ng mga aksyon sa panahon ng buhay ng isang tao. Ang mga ito ay ang anyo ng walang hanggang paraiso o walang hanggang impiyerno. Ang layunin ng Quran ay upang malaman ng tao ang katotohanan na ito. Ito ang tema ng banal na Aklat na ito, na naglilingkod upang gabayan ang tao sa pamamagitan ng kanyang buong paglalakbay sa buhay at sa buhay pagkatapos ng kamatayan.

GOODWORD
www.goodwordbooks.com
www.cpsglobal.org

App and E-book available

ISBN 978-93-86589-09-5